

**THE BOOK OF  
MORMON**

**TAGALOG – ENGLISH  
PARALLEL EDITION**

Version 1, published April 2023. [bencrowder.net/book-of-mormon-parallel-edition/](http://bencrowder.net/book-of-mormon-parallel-edition/)

This parallel edition © 2023 Benjamin Crowder. All rights reserved. You have permission to print this document for your own use. For other uses, send requests to [ben.crowder@gmail.com](mailto:ben.crowder@gmail.com).

Text of the Book of Mormon © 2023 Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved.

The text of this edition is licensed from The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints with the following disclaimer: *The Product offered by Benjamin Crowder is neither made, provided, approved, nor endorsed by, Intellectual Reserve, Inc. or The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints. Any content or opinions expressed, implied, or included in or with the Product offered by Benjamin Crowder are solely those of Benjamin Crowder and not those of Intellectual Reserve, Inc. or The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints.*

## Ang Aklat ni Mormon

### Ulat na Isinulat ng Kamay ni Mormon sa mga Laminang Hinango mula sa mga Lamina ni Nephi

Anupa't ito ay pinaikling talaan ng mga tao ni Nephi, at gayon din ng mga Lamanita—Isinulat para sa mga Lamanita, na mga labi ng sambahayan ni Israel; gayon din sa mga Judio at Gentil—Isinulat bilang kautusan, at sa pamamagitan din ng diwa ng propesiya at ng paghahayag—Isinulat at mahigpit na isinara, at ikinubli ayon sa Panginoon, upang ang mga yaon ay hindi masira—Upang lumabas sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos para sa pakahulugan nito—Mahigpit na isinara ng kamay ni Moroni, at ikinubli ayon sa Panginoon, upang lumabas sa takdang panahon sa pamamagitan ng mga Gentil—Ang pakahulugan nito sa pamamagitan ng kaloob ng Diyos.

Isang pinaikling ulat mula rin sa Aklat ni Eter, na talaan ng mga tao ni Jared, na ikinalat noong panahong lituhin ng Panginoon ang wika ng mga tao, nang sila ay nagtatayo ng isang tore upang makaabot sa langit—Upang ipakita sa mga labi ng sambahayan ni Israel kung anong mga dakilang bagay ang ginawa ng Panginoon para sa kanilang mga ama; at nang kanilang malaman ang mga tipan ng Panginoon, na sila ay hindi itatakwil nang habang panahon—At gayon din sa ikahihikayat ng mga Judio at Gentil na si JESUS ang CRISTO, ang DIYOS NA WALANG HANGGAN, nagpapatunay ng kanyang sarili sa lahat ng bansa—At ngayon, kung may mga pagkakamali ang mga yaon ay kamalian ng mga tao; dahil dito, huwag ninyong hatulan ang mga bagay ng Diyos, nang kayo ay matagpuang walang bahid-dungis sa hukumang-luklukan ni Cristo.

## The Book of Mormon

### An Account Written by the Hand of Mormon upon Plates Taken from the Plates of Nephi

Wherefore, it is an abridgment of the record of the people of Nephi, and also of the Lamanites—Written to the Lamanites, who are a remnant of the house of Israel; and also to Jew and Gentile—Written by way of commandment, and also by the spirit of prophecy and of revelation—Written and sealed up, and hid up unto the Lord, that they might not be destroyed—To come forth by the gift and power of God unto the interpretation thereof—Sealed by the hand of Moroni, and hid up unto the Lord, to come forth in due time by way of the Gentile—The interpretation thereof by the gift of God.

An abridgment taken from the Book of Ether also, which is a record of the people of Jared, who were scattered at the time the Lord confounded the language of the people, when they were building a tower to get to heaven—Which is to show unto the remnant of the house of Israel what great things the Lord hath done for their fathers; and that they may know the covenants of the Lord, that they are not cast off forever—And also to the convincing of the Jew and Gentile that JESUS is the CHRIST, the ETERNAL GOD, manifesting himself unto all nations—And now, if there are faults they are the mistakes of men; wherefore, condemn not the things of God, that ye may be found spotless at the judgment-seat of Christ.

# Ang Unang Aklat ni Nephi

## Ang Kanyang Panunungkulan at Ministry

*Ang ulat ni Lebi at ng kanyang asawang si Saria, at ng kanyang apat na anak na lalaki, na tinatawag sa mga pangalang (mula sa panganay) Laman, Lemuel, Sam, at Nephi. Ang Panginoon ay nagbabala kay Lebi na lisanin ang lupain ng Jerusalem, sapagkat nagpropesiya siya sa mga tao hinggil sa kanilang kasamaan at binangad nilang kitlin ang kanyang bubay. Tatlong araw siyang naglakbay sa ilang kasama ang kanyang mag-anak. Isinama ni Nephi ang kanyang mga kapatid at bumalik sa lupain ng Jerusalem upang kunin ang talaan ng mga Judio. Ang ulat ng kanilang mga pagdurusa. Ipinagsama nila ang mga anak na babae ni Ismael upang maging mga asawa. Isinama nila ang kanilang mga mag-anak patungo sa ilang. Ang kanilang mga pagdurusa at paghibirap sa ilang. Ang landas ng kanilang mga paglalakbay. Dumating sila sa malawak na tubig. Ang mga kapatid ni Nephi ay naghimagsik laban sa kanya. Sila ay kanyang nilito, at gumawa ng isang sasakyang-dagat. Tinawag nila ang pangalan ng pook na Masagana. Sila ay tumawid sa malawak na tubig patungo sa lupang pangako, at sa dako pa roon. Ito ay ayon sa ulat ni Nephi; o sa ibang salita, ako, si Nephi, ang sumulat ng talaang ito.*

### 1 Nephi 1

- 1 Ako, si Nephi, na isinilang sa butihing mga magulang, samakatwid, ako ay naturuan ng lahat halos ng karunungan ng aking ama; at sa dahilang nakita ko ang maraming paghihirap sa paglipas ng aking mga araw, gayunman, sa labis na pagpapala ng Panginoon sa lahat ng aking mga araw; oo, sa pagkakaroon ng malaking kaalaman tungkol sa kabutihan at sa mga hiwaga ng Diyos, kaya nga gumawa ako ng isang talaan ng aking mga gawain noong aking mga araw.
- 2 Oo, ako ay gumawa ng isang talaan sa wika ng aking ama, na binubuo ng karunungan ng mga Judio at ng wika ng mga taga-Egipto.

# The First Book of Nephi

## His Reign and Ministry

*An account of Lebi and his wife Sariah, and his four sons, being called, (beginning at the eldest) Laman, Lemuel, Sam, and Nephi. The Lord warns Lebi to depart out of the land of Jerusalem, because he prophesieth unto the people concerning their iniquity and they seek to destroy his life. He taketh three days' journey into the wilderness with his family. Nephi taketh his brethren and returneth to the land of Jerusalem after the record of the Jews. The account of their sufferings. They take the daughters of Ishmael to wife. They take their families and depart into the wilderness. Their sufferings and afflictions in the wilderness. The course of their travels. They come to the large waters. Nephi's brethren rebel against him. He confoundeth them, and buildeth a ship. They call the name of the place Bountiful. They cross the large waters into the promised land, and so forth. This is according to the account of Nephi; or in other words, I, Nephi, wrote this record.*

### 1 Nephi 1

I, Nephi, having been born of goodly parents, therefore I was taught somewhat in all the learning of my father; and having seen many afflictions in the course of my days, nevertheless, having been highly favored of the Lord in all my days; yea, having had a great knowledge of the goodness and the mysteries of God, therefore I make a record of my proceedings in my days.

Yea, I make a record in the language of my father, which consists of the learning of the Jews and the language of the Egyptians.

- 3 At nalalaman ko na ang talaang ginagawa ko ay totoo; at ginagawa ko ito sa pamamagitan ng sarili kong kamay; at ginagawa ko ito ayon sa aking kaalaman.
- 4 Sapagkat ito ay nangyari na, na sa pagsisimula ng unang taon ng paghahari ni Zedekias, hari ng Juda, (ang aking ama, si Lehi, na nanirahan sa Jerusalem sa lahat ng kanyang mga araw); at sa taon ding iyon ay nagkaroon ng maraming propeta, nagpopropesiya sa mga tao na kinakailangan silang magsipagsisi, o ang dakilang lunsod ng Jerusalem ay tiyak na mawawasak.
- 5 Dahil dito, ito ay nangyari na, na ang aking ama, si Lehi, habang siya ay lumalakad ay nanalangin sa Panginoon, oo, maging nang buo niyang puso, sa kapakanan ng kanyang mga tao.
- 6 At ito ay nangyari na, na habang siya ay nananalangin sa Panginoon, may lumitaw na isang haliging apoy at lumapag sa ibabaw ng isang malaking bato sa harapan niya; at marami siyang nakita at narinig; at dahil sa mga bagay na kanyang nakita at narinig siya ay nangatal at nanginig nang labis.
- 7 At ito ay nangyari na, na siya ay bumalik sa kanyang sariling tahanan sa Jerusalem; at inihimlay niya ang sarili sa kanyang highaan, na napangingibabawan ng Espiritu at ng mga bagay na kanyang nasaksihan.
- 8 At nasa gayong napangingibabawan ng Espiritu, siya ay natangay sa isang pangitain, maging ang kalangitan ay nakita niyang nabuksan, at kanyang inakalang nakita niya ang Diyos na nakaupo sa kanyang trono, napaliligiran ng di mabilang na lipumpon ng mga anghel na nasa ayos ng pag-awit at pagpupuri sa kanilang Diyos.
- 9 At ito ay nangyari na, na kanyang nakita ang Isa na bumababa mula sa gitna ng langit, at namasdan niya na ang kanyang liwanag ay higit pa kaysa sa araw sa katanghaliang tapat.
- 10 At kanya ring nakita ang labindalawang iba pa na sumusunod sa kanya, at ang kanilang liwanag ay mahigit pa kaysa sa mga bituin sa kalangitan.
- 11 At sila ay bumaba at humayo sa balat ng lupa; at ang una ay lumapit at tumayo sa harapan ng aking ama, at ibinigay sa kanya ang isang aklat, at siya ay inatasan na dapat niyang basahin.

And I know that the record which I make is true; and I make it with mine own hand; and I make it according to my knowledge.

For it came to pass in the commencement of the first year of the reign of Zedekiah, king of Judah, (my father, Lehi, having dwelt at Jerusalem in all his days); and in that same year there came many prophets, prophesying unto the people that they must repent, or the great city Jerusalem must be destroyed.

Wherefore it came to pass that my father, Lehi, as he went forth prayed unto the Lord, yea, even with all his heart, in behalf of his people.

And it came to pass as he prayed unto the Lord, there came a pillar of fire and dwelt upon a rock before him; and he saw and heard much; and because of the things which he saw and heard he did quake and tremble exceedingly.

And it came to pass that he returned to his own house at Jerusalem; and he cast himself upon his bed, being overcome with the Spirit and the things which he had seen.

And being thus overcome with the Spirit, he was carried away in a vision, even that he saw the heavens open, and he thought he saw God sitting upon his throne, surrounded with numberless concourses of angels in the attitude of singing and praising their God.

And it came to pass that he saw One descending out of the midst of heaven, and he beheld that his luster was above that of the sun at noon-day.

And he also saw twelve others following him, and their brightness did exceed that of the stars in the firmament.

And they came down and went forth upon the face of the earth; and the first came and stood before my father, and gave unto him a book, and bade him that he should read.

- 12 At ito ay nangyari na, na habang siya ay nagbabasa, siya ay napuspos ng Espiritu ng Panginoon.
- 13 At nabasa niya, sinasabing: Sa aba, sa aba, sa Jerusalem, sapagkat nakita ko ang iyong mga karumal-dumal na gawain! Oo, at maraming bagay ang nabasa ng aking ama hinggil sa Jerusalem—na ito ay wawasakin, at ang mga naninirahan doon; marami ang masasawi sa pamamagitan ng espada, at marami ang madadalang bihag sa Babilonia.
- 14 At ito ay nangyari na, nang mabasa ng aking ama at masaksihan ang maraming dakila at kagila-gilalas na bagay, siya ay napabulalas ng maraming bagay sa Panginoon; gaya ng: Dakila at kagila-gilalas ang iyong mga gawa, O Panginoong Diyos na Pinakamakapangyarihan! Ang iyong trono ay mataas sa kalangitan, at ang iyong kapangyarihan, at kabutihan, at awa ay sumasalihat ng mga naninirahan sa mundo; at, sapagkat ikaw ay maawain, hindi mo ipahihintulot na yaong mga lumalapit sa iyo ay mangasawi!
- 15 At ganito ang pamamaraan ng pananalita ng aking ama sa pagpupuri sa kanyang Diyos; sapagkat ang kanyang kaluluwa ay nagalak, at ang kanyang puso ay napuspos, dahil sa mga bagay na kanyang nakita, oo, dahil sa ipinakita ng Panginoon sa kanya.
- 16 At ngayon ako, si Nephi, ay hindi gumawa ng buong ulat ng mga bagay na naisulat ng aking ama, sapagkat marami siyang bagay na naisulat na kanyang nakita sa mga pangitain at sa mga panaginip; at marami rin siyang naisulat na mga bagay na kanyang iprinopesiya at sinabi sa kanyang mga anak, na kung alin ay hindi ko gagawan ng buong ulat.
- 17 Subalit ako ay gagawa ng ulat ng aking mga ginawa sa aking mga araw. Masdan, ako ay gumawa ng isang pinaikling talaan ng aking ama, sa mga laminang aking ginawa sa pamamagitan ng sarili kong mga kamay; samakatwid, matapos kong mapaikli ang talaan ng aking ama ay gagawin ko naman ang isang ulat ng sarili kong buhay.

And it came to pass that as he read, he was filled with the Spirit of the Lord.

And he read, saying: Wo, wo, unto Jerusalem, for I have seen thine abominations! Yea, and many things did my father read concerning Jerusalem—that it should be destroyed, and the inhabitants thereof; many should perish by the sword, and many should be carried away captive into Babylon.

And it came to pass that when my father had read and seen many great and marvelous things, he did exclaim many things unto the Lord; such as: Great and marvelous are thy works, O Lord God Almighty! Thy throne is high in the heavens, and thy power, and goodness, and mercy are over all the inhabitants of the earth; and, because thou art merciful, thou wilt not suffer those who come unto thee that they shall perish!

And after this manner was the language of my father in the praising of his God; for his soul did rejoice, and his whole heart was filled, because of the things which he had seen, yea, which the Lord had shown unto him.

And now I, Nephi, do not make a full account of the things which my father hath written, for he hath written many things which he saw in visions and in dreams; and he also hath written many things which he prophesied and spake unto his children, of which I shall not make a full account.

But I shall make an account of my proceedings in my days. Behold, I make an abridgment of the record of my father, upon plates which I have made with mine own hands; wherefore, after I have abridged the record of my father then will I make an account of mine own life.

- 18 Sa gayon, nais kong malaman ninyo, na matapos ipakita ng Panginoon ang napakaraming kagilangilalas na bagay sa aking ama, si Lehi, oo, hinggil sa pagkawasak ng Jerusalem, masdan, siya ay humayo sa mga tao, at nagsimulang magpropesiya at magpahayag sa kanila hinggil sa mga bagay na kapwa niya nakita at narinig.
- 19 At ito ay nangyari na, na kinutya siya ng mga Judio dahil sa mga bagay na kanyang pinatotohanan sa kanila; sapagkat tunay na kanyang pinatotohanan ang kanilang mga kasamaan at kanilang mga karumal-dumal na gawain; at pinatotohanan niya na ang mga bagay na kanyang nakita at narinig, at gayon din ang mga bagay na kanyang nabasa sa aklat, ay maliwanag na ipinaalam ang tungkol sa pagparito ng Mesiyas, at gayon din ang pagtubos sa sanlibutan.
- 20 At nang marinig ng mga Judio ang mga bagay na ito sila ay nagalit sa kanya; oo, maging tulad sa mga propeta noong unang panahon, na kanilang ipinagtabuyan, at binato, at pinatay; at kanila ring hinangad ang kanyang buhay, upang ito ay kanilang kitlin. Datapwat masdan, ako, si Nephi, ay magpapatunay sa inyo na ang magiliw na awa ng Panginoon ay sumasalihat ng kanyang mga pinili, dahil sa kanilang pananampalataya, upang gawin silang malakas maging sa pagkakaroon ng kapangyarihang maligtas.

Therefore, I would that ye should know, that after the Lord had shown so many marvelous things unto my father, Lehi, yea, concerning the destruction of Jerusalem, behold he went forth among the people, and began to prophesy and to declare unto them concerning the things which he had both seen and heard.

And it came to pass that the Jews did mock him because of the things which he testified of them; for he truly testified of their wickedness and their abominations; and he testified that the things which he saw and heard, and also the things which he read in the book, manifested plainly of the coming of a Messiah, and also the redemption of the world.

And when the Jews heard these things they were angry with him; yea, even as with the prophets of old, whom they had cast out, and stoned, and slain; and they also sought his life, that they might take it away. But behold, I, Nephi, will show unto you that the tender mercies of the Lord are over all those whom he hath chosen, because of their faith, to make them mighty even unto the power of deliverance.

## 1 Nephi 2

- 1 Sapagkat masdan, ito ay nangyari na, na ang Panginoon ay nangusap sa aking ama, oo, maging sa isang panaginip, at sinabi sa kanya: Pinagpala ka Lehi, dahil sa mga bagay na iyong ginawa; at sapagkat ikaw ay naging matapat at ipinahayag sa mga taong ito ang mga bagay na aking ipinag-utos sa iyo, masdan, hangad nilang kitlin ang iyong buhay.
- 2 At ito ay nangyari na, na inutusan ng Panginoon ang aking ama, maging sa isang panaginip, na nararapat niyang ipagsama ang kanyang mag-anak at lumisan patungo sa ilang.
- 3 At ito ay nangyari na, na siya ay naging masunurin sa salita ng Panginoon, anupa't siya ay sumunod gaya ng ipinag-utos ng Panginoon sa kanya.
- 4 At ito ay nangyari na, na siya ay lumisan patungo sa ilang. At iniwan niya ang kanyang tahanan, at ang lupaing kanyang mana, at ang kanyang ginto, at ang kanyang pilak, at ang kanyang mahahalagang bagay, at wala siyang dinala maliban sa kanyang mag-anak, at mga panustos, at mga tolda, at lumisan patungo sa ilang.
- 5 At siya ay naglakbay sa may mga hangganan na malapit sa dalampasigan ng Dagat na Pula; at siya ay naglakbay sa ilang sa mga hangganang mas malapit sa Dagat na Pula; at siya ay naglakbay sa ilang kasama ang kanyang mag-anak, na binubuo ng aking ina, si Saria, at ng mga nakatatanda kong kapatid na sina Laman, Lemuel, at Sam.
- 6 At ito ay nangyari na, nang siya ay nakapaglakbay na nang tatlong araw sa ilang, itinayo niya ang kanyang tolda sa isang lambak sa tabi ng isang ilog ng tubig.
- 7 At ito ay nangyari na, na siya ay gumawa ng isang dambanang bato, at gumawa ng isang pag-aalay sa Panginoon, at nagbigay-pasasalamat sa Panginoon naming Diyos.
- 8 At ito ay nangyari na, na tinawag niya ang pangalan ng ilog na Laman, at ito ay umuuho patungo sa Dagat na Pula; at ang lambak ay nasa mga hangganang malapit sa bukana niyon.

## 1 Nephi 2

For behold, it came to pass that the Lord spake unto my father, yea, even in a dream, and said unto him: Blessed art thou Lehi, because of the things which thou hast done; and because thou hast been faithful and declared unto this people the things which I commanded thee, behold, they seek to take away thy life.

And it came to pass that the Lord commanded my father, even in a dream, that he should take his family and depart into the wilderness.

And it came to pass that he was obedient unto the word of the Lord, wherefore he did as the Lord commanded him.

And it came to pass that he departed into the wilderness. And he left his house, and the land of his inheritance, and his gold, and his silver, and his precious things, and took nothing with him, save it were his family, and provisions, and tents, and departed into the wilderness.

And he came down by the borders near the shore of the Red Sea; and he traveled in the wilderness in the borders which are nearer the Red Sea; and he did travel in the wilderness with his family, which consisted of my mother, Sariah, and my elder brothers, who were Laman, Lemuel, and Sam.

And it came to pass that when he had traveled three days in the wilderness, he pitched his tent in a valley by the side of a river of water.

And it came to pass that he built an altar of stones, and made an offering unto the Lord, and gave thanks unto the Lord our God.

And it came to pass that he called the name of the river, Laman, and it emptied into the Red Sea; and the valley was in the borders near the mouth thereof.



- 9 At nang makita ng aking ama na ang mga tubig ng ilog ay umuho patungo sa bukal ng Dagat na Pula, siya ay nangusap kay Laman, sinasabing: O sana ay maging katulad ka ng ilog na ito, patuloy na umaagos patungo sa bukal ng lahat ng kabutihan!
- 10 At siya ay nangusap din kay Lemuel: O sana ay maging katulad ka ng lambak na ito, matibay at matatag, at hindi matitinag sa pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon!
- 11 Ngayon, ito ay nasabi niya dahil sa katigasan ng leeg nina Laman at Lemuel; sapagkat masdan, sila ay bumubulung-bulong sa maraming bagay laban sa kanilang ama, dahil sa siya ay isang mapangitaing tao, at inakay sila palabas sa lupain ng Jerusalem, upang iwan ang lupaing kanilang mana, at ang kanilang ginto, at ang kanilang pilak, at ang kanilang mahahalagang bagay, upang mangasawi sa ilang. At sinabi nila na ito ay ginawa niya dahil sa mga hangal na guni-guni ng kanyang puso.
- 12 At sa gayon sina Laman at Lemuel, na mga nakatatanda, ay bumulung-bulong laban sa kanilang ama. At sila ay bumulung-bulong sapagkat hindi nila nalalaman ang mga pakikitungo ng Diyos na siyang lumikha sa kanila.
- 13 Ni hindi sila naniniwala na ang Jerusalem, ang dakilang lunsod, ay maaaring mawasak alinsunod sa mga salita ng mga propeta. At sila ay katulad ng mga Judio na nasa Jerusalem, na naghangad na kitlin ang buhay ng aking ama.
- 14 At ito ay nangyari na, na ang aking ama ay nangusap sa kanila sa lambak ng Lemuel, nang may kapangyarihan, na puspos ng Espiritu, hanggang sa ang kanilang mga katawan ay nanginig sa harapan niya. At sila ay kanyang nalito, kaya sila ay hindi nakapangahas na magsalita nang laban sa kanya; anupa't sila ay sumunod gaya ng kanyang ipinagutos sa kanila.
- 15 At ang aking ama ay nanirahan sa isang tolda.

And when my father saw that the waters of the river emptied into the fountain of the Red Sea, he spake unto Laman, saying: O that thou mightest be like unto this river, continually running into the fountain of all righteousness!

And he also spake unto Lemuel: O that thou mightest be like unto this valley, firm and steadfast, and immovable in keeping the commandments of the Lord!

Now this he spake because of the stiffneckedness of Laman and Lemuel; for behold they did murmur in many things against their father, because he was a visionary man, and had led them out of the land of Jerusalem, to leave the land of their inheritance, and their gold, and their silver, and their precious things, to perish in the wilderness. And this they said he had done because of the foolish imaginations of his heart.

And thus Laman and Lemuel, being the eldest, did murmur against their father. And they did murmur because they knew not the dealings of that God who had created them.

Neither did they believe that Jerusalem, that great city, could be destroyed according to the words of the prophets. And they were like unto the Jews who were at Jerusalem, who sought to take away the life of my father.

And it came to pass that my father did speak unto them in the valley of Lemuel, with power, being filled with the Spirit, until their frames did shake before him. And he did confound them, that they durst not utter against him; wherefore, they did as he commanded them.

And my father dwelt in a tent.

- 16 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, na lubhang bata pa, gayunman ay may malaking pangangatawan, at sapagkat mayroon ding matinding pagnanais na malaman ang mga hiwaga ng Diyos, dahil dito, ako ay nagsumamo sa Panginoon; at masdan, dinalaw niya ako, at pinalambot ang aking puso kung kaya't pinaniwalaan ko ang lahat ng salitang sinabi ng aking ama; anupa't ako ay hindi naghimagsik laban sa kanya na tulad ng aking mga kapatid.
- 17 At kinausap ko si Sam, ipinaalam sa kanya ang mga bagay na ipinaalam sa akin ng Panginoon sa pamamagitan ng kanyang Banal na Espiritu. At ito ay nangyari na, na siya ay naniwala sa aking mga salita.
- 18 Datapwat, masdan, sina Laman at Lemuel ay ayaw makinig sa aking mga salita; at sapagkat nagdadalamhati dahil sa katigasan ng kanilang mga puso, ako ay nagsumamo sa Panginoon para sa kanila.
- 19 At ito ay nangyari na, na ang Panginoon ay nangusap sa akin, sinasabing: Pinagpala ka, Nephi, dahil sa iyong pananampalataya, sapagkat hinanap mo ako nang buong pagsisikap, nang may kapakumbabaan ng puso.
- 20 At habang sinusunod mo ang aking mga kautusan, ikaw ay uunlad, at aakayin sa isang lupang pangako; oo, maging sa isang lupaing aking inihanda para sa iyo; oo, isang lupaing pinili nang higit sa lahat ng iba pang lupain.
- 21 At habang ang iyong mga kapatid ay naghimagsik laban sa iyo, sila ay itatakwil mula sa harapan ng Panginoon.
- 22 At habang sinusunod mo ang aking mga kautusan, ikaw ay gagawing isang pinuno at isang guro sa iyong mga kapatid.
- 23 Sapagkat masdan, sa araw na yaon na sila ay maghimagsik laban sa akin, susumpain ko sila maging ng isang masidhing sumpa, at hindi sila magkakaroon ng kapangyarihan sa iyong mga binhi maliban kung sila ay maghimagsik din laban sa akin.
- 24 At kung mangyayari na sila ay maghimagsik laban sa akin, sila ay magiging isang pahirap sa iyong mga binhi, upang pukawin sila sa mga landas ng pag-alaala.

And it came to pass that I, Nephi, being exceedingly young, nevertheless being large in stature, and also having great desires to know of the mysteries of God, wherefore, I did cry unto the Lord; and behold he did visit me, and did soften my heart that I did believe all the words which had been spoken by my father; wherefore, I did not rebel against him like unto my brothers.

And I spake unto Sam, making known unto him the things which the Lord had manifested unto me by his Holy Spirit. And it came to pass that he believed in my words.

But, behold, Laman and Lemuel would not hearken unto my words; and being grieved because of the hardness of their hearts I cried unto the Lord for them.

And it came to pass that the Lord spake unto me, saying: Blessed art thou, Nephi, because of thy faith, for thou hast sought me diligently, with lowliness of heart.

And inasmuch as ye shall keep my commandments, ye shall prosper, and shall be led to a land of promise; yea, even a land which I have prepared for you; yea, a land which is choice above all other lands.

And inasmuch as thy brethren shall rebel against thee, they shall be cut off from the presence of the Lord.

And inasmuch as thou shalt keep my commandments, thou shalt be made a ruler and a teacher over thy brethren.

For behold, in that day that they shall rebel against me, I will curse them even with a sore curse, and they shall have no power over thy seed except they shall rebel against me also.

And if it so be that they rebel against me, they shall be a scourge unto thy seed, to stir them up in the ways of remembrance.

## 1 Nephi 3

- 1 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay bumalik, matapos makipag-usap sa Panginoon, sa tolda ng aking ama.
- 2 At ito ay nangyari na, na nangusap siya sa akin, sinasabing: Masdan, ako ay nanaginip ng isang panaginip, na kung saan ang Panginoon ay nag-utos sa akin na ikaw at ang iyong mga kapatid ay magbalik sa Jerusalem.
- 3 Sapagkat masdan, na kay Laban ang talaan ng mga Judio at gayon din ang isang talaangkanan ng aking mga ninuno, at ang mga yaon ay nakaukit sa mga laminang tanso.
- 4 Anupa't ang Panginoon ay nag-utos sa akin na ikaw at ang iyong mga kapatid ay nararapat magtungo sa tahanan ni Laban, at hanapin ang mga talaan, at dalhin ang mga yaon dito sa ilang.
- 5 At ngayon, masdan, ang iyong mga kapatid ay bumubulong-bulong, sinasabing isang mahirap na bagay ang aking hinihingi sa kanila; subalit masdan, hindi ako ang humihingi sa kanila, kundi ito ay isang kautusan ng Panginoon.
- 6 Kung gayon humayo, anak ko, at ikaw ay kakasihan ng Panginoon, sapagkat ikaw ay hindi bumubulong-bulong.
- 7 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay nangusap sa aking ama: Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-utos ng Panginoon, sapagkat nalalaman ko na ang Panginoon ay hindi magbibigay ng mga kautusan sa mga anak ng tao, maliban sa siya ay maghahanda ng paraan para sa kanila upang kanilang maisagawa ang bagay na kanyang ipinag-utos sa kanila.
- 8 At ito ay nangyari na, nang marinig ng aking ama ang mga salitang ito siya ay lubhang nagalak, sapagkat kanyang napagtanto na ako ay pinagpala ng Panginoon.
- 9 At ako, si Nephi, at ang aking mga kapatid ay naglakbay sa ilang, dala ang aming mga tolda, upang umahon sa lupain ng Jerusalem.
- 10 At ito ay nangyari na, nang kami ay makarating sa lupain ng Jerusalem, ako at ang aking mga kapatid ay nagsanggunian sa isa't isa.

## 1 Nephi 3

And it came to pass that I, Nephi, returned from speaking with the Lord, to the tent of my father.

And it came to pass that he spake unto me, saying: Behold I have dreamed a dream, in the which the Lord hath commanded me that thou and thy brethren shall return to Jerusalem.

For behold, Laban hath the record of the Jews and also a genealogy of my forefathers, and they are engraven upon plates of brass.

Wherefore, the Lord hath commanded me that thou and thy brothers should go unto the house of Laban, and seek the records, and bring them down hither into the wilderness.

And now, behold thy brothers murmur, saying it is a hard thing which I have required of them; but behold I have not required it of them, but it is a commandment of the Lord.

Therefore go, my son, and thou shalt be favored of the Lord, because thou hast not murmured.

And it came to pass that I, Nephi, said unto my father: I will go and do the things which the Lord hath commanded, for I know that the Lord giveth no commandments unto the children of men, save he shall prepare a way for them that they may accomplish the thing which he commandeth them.

And it came to pass that when my father had heard these words he was exceedingly glad, for he knew that I had been blessed of the Lord.

And I, Nephi, and my brethren took our journey in the wilderness, with our tents, to go up to the land of Jerusalem.

And it came to pass that when we had gone up to the land of Jerusalem, I and my brethren did consult one with another.

- 11 At kami ay nagpalabunutan—kung sino sa amin ang nararapat pumasok sa tahanan ni Laban. At ito ay nangyari na, na ang kapalaran ay tumama kay Laman; at si Laman ay pumasok sa tahanan ni Laban, at siya ay nakipag-usap sa kanya habang siya ay nakaupo sa loob ng kanyang tahanan.
- 12 At hiningi niya kay Laban ang mga talaang nakaukit sa mga laminang tanso, na naglalaman ng talaangkanan ng aking ama.
- 13 At masdan, ito ay nangyari na, na si Laban ay nagalit, at ipinagtulakan siyang palabas mula sa kanyang harapan; at ayaw niyang mapasakanya ang mga talaan. Anupa't sinabi niya sa kanya: Masdan, ikaw ay isang tulisan, at papatayin kita.
- 14 Subalit si Laman ay nakatakas sa kanyang harapan, at sinabi ang mga bagay na ginawa ni Laban, sa amin. At kami ay nagsimulang maging lubhang malungkot, at ang aking mga kapatid ay handa nang magsibalik sa aking ama sa ilang.
- 15 Subalit masdan, sinabi ko sa kanila na: Yamang ang Panginoon ay buhay, at habang tayo ay nabubuhay, hindi tayo bababa sa ating ama sa ilang hangga't hindi natin naisasagawa ang bagay na ipinag-uutos ng Panginoon sa atin.
- 16 Samakatwid, tayo ay magpakatapat sa pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon; kaya nga, tayo ay bumaba sa lupaing mana ng ating ama, sapagkat masdan kanyang iniwan ang ginto at pilak, at lahat ng uri ng kayamanan. At ang lahat ng ito ay kanyang ginawa dahil sa mga kautusan ng Panginoon.
- 17 Sapagkat nalalaman niya na ang Jerusalem ay tiyak na mawawasak, dahil sa kasamaan ng mga tao.
- 18 Sapagkat masdan, kanilang tinanggihan ang mga salita ng mga propeta. Anupa't kung ang aking ama ay maninirahan sa lupain matapos na siya ay utusang tumakas sa lupaing ito, masdan, siya ay masasawi rin. Kaya nga, talagang kinakailangan na siya ay tumakas sa lupain.
- 19 At masdan, iyon ay karunungan sa Diyos na nararapat nating makuha ang mga talaang ito, upang mapanatili natin para sa ating mga anak ang wika ng ating mga ama;

And we cast lots—who of us should go in unto the house of Laban. And it came to pass that the lot fell upon Laman; and Laman went in unto the house of Laban, and he talked with him as he sat in his house.

And he desired of Laban the records which were engraven upon the plates of brass, which contained the genealogy of my father.

And behold, it came to pass that Laban was angry, and thrust him out from his presence; and he would not that he should have the records. Wherefore, he said unto him: Behold thou art a robber, and I will slay thee.

But Laman fled out of his presence, and told the things which Laban had done, unto us. And we began to be exceedingly sorrowful, and my brethren were about to return unto my father in the wilderness.

But behold I said unto them that: As the Lord liveth, and as we live, we will not go down unto our father in the wilderness until we have accomplished the thing which the Lord hath commanded us.

Wherefore, let us be faithful in keeping the commandments of the Lord; therefore let us go down to the land of our father's inheritance, for behold he left gold and silver, and all manner of riches. And all this he hath done because of the commandments of the Lord.

For he knew that Jerusalem must be destroyed, because of the wickedness of the people.

For behold, they have rejected the words of the prophets. Wherefore, if my father should dwell in the land after he hath been commanded to flee out of the land, behold, he would also perish. Wherefore, it must needs be that he flee out of the land.

And behold, it is wisdom in God that we should obtain these records, that we may preserve unto our children the language of our fathers;

20 At upang atin ding mapanatili sa kanila ang mga salitang ipinahayag ng bibig ng lahat ng banal na propeta, na ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu at kapangyarihan ng Diyos, magmula pa noong simula ng daigdig, maging hanggang dito sa kasalukuyang panahon.

21 At ito ay nangyari na, na alinsunod sa ganitong pamamaraan ng pananalita ay hinikayat ko ang aking mga kapatid, upang sila ay maging matapat sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos.

22 At ito ay nangyari na, na kami ay bumaba sa lupaing aming mana, at sama-samang tinipon namin ang aming mga ginto, at ang aming mga pilak, at ang aming mahahalagang bagay.

23 At matapos naming sama-samang matipon ang mga bagay na ito, kami ay umahon muli sa tahanan ni Laban.

24 At ito ay nangyari na, na kami ay pumasok patungo kay Laban, at hiniling sa kanyang ibigay niya sa amin ang mga talaang nakaukit sa mga laminang tanso, na bilang kapalit ay ibibigay namin sa kanya ang aming mga ginto, at ang aming mga pilak, at ang lahat ng aming mahalagang bagay.

25 At ito ay nangyari na, nang makita ni Laban ang aming ari-arian, at na iyon ay lubhang napakarami, pinagnasaan niya ang mga iyon, hanggang sa ipagtulakan niya kami palabas, at isinugo ang kanyang mga tagapagsilbi upang patayin kami, upang kanyang makuha ang aming ari-arian.

26 At ito ay nangyari na, na kami ay tumakas sa harapan ng mga tagapagsilbi ni Laban, at kami ay napilitang iwan ang aming ari-arian, at iyon ay nahulog sa mga kamay ni Laban.

27 At ito ay nangyari na, na kami ay tumakas patungo sa ilang, at ang mga tagapagsilbi ni Laban ay hindi kami naabutan, at itinago namin ang sarili sa butas ng isang malaking bato.

28 At ito ay nangyari na, na si Laman ay nagalit sa akin, at gayon din sa aking ama; at gayon din si Lemuel, sapagkat siya ay nakinig sa mga salita ni Laman. Anupa't sina Laman at Lemuel ay nangusap ng masasakit na salita sa amin, na kanilang mga nakababatang kapatid, at kami ay kanilang hinampas ng isang pamalo.

And also that we may preserve unto them the words which have been spoken by the mouth of all the holy prophets, which have been delivered unto them by the Spirit and power of God, since the world began, even down unto this present time.

And it came to pass that after this manner of language did I persuade my brethren, that they might be faithful in keeping the commandments of God.

And it came to pass that we went down to the land of our inheritance, and we did gather together our gold, and our silver, and our precious things.

And after we had gathered these things together, we went up again unto the house of Laban.

And it came to pass that we went in unto Laban, and desired him that he would give unto us the records which were engraven upon the plates of brass, for which we would give unto him our gold, and our silver, and all our precious things.

And it came to pass that when Laban saw our property, and that it was exceedingly great, he did lust after it, insomuch that he thrust us out, and sent his servants to slay us, that he might obtain our property.

And it came to pass that we did flee before the servants of Laban, and we were obliged to leave behind our property, and it fell into the hands of Laban.

And it came to pass that we fled into the wilderness, and the servants of Laban did not overtake us, and we hid ourselves in the cavity of a rock.

And it came to pass that Laman was angry with me, and also with my father; and also was Lemuel, for he hearkened unto the words of Laman. Wherefore Laman and Lemuel did speak many hard words unto us, their younger brothers, and they did smite us even with a rod.

29 At ito ay nangyari na, na samantalang hinahampas nila kami ng pamalo, masdan, isang anghel ng Panginoon ang dumating at tumayo sa harapan nila, at siya ay nangusap sa kanila, sinasabing: Bakit ninyo hinahampas ng pamalo ang inyong nakababatang kapatid? Hindi ba ninyo nalalaman na siya ay pinili ng Panginoon na maging pinuno ninyo, at ito ay dahil sa inyong mga kasamaan? Masdan, kayo ay muling aahon sa Jerusalem, at ibibigay ng Panginoon si Laban sa inyong mga kamay.

30 At matapos na ang anghel ay makapangusap sa amin, siya ay lumisan.

31 At matapos makalisan ang anghel, sina Laman at Lemuel ay muling nagsimulang bumulung-bulong, sinasabing: Paano mangyayaring ibibigay ng Panginoon si Laban sa ating mga kamay? Masdan, siya ay isang makapangyarihang tao, at kaya niyang utusan ang limampu, oo, maging limampu ay kaya niyang patayin; tayo pa kaya ang hindi?

And it came to pass as they smote us with a rod, behold, an angel of the Lord came and stood before them, and he spake unto them, saying: Why do ye smite your younger brother with a rod? Know ye not that the Lord hath chosen him to be a ruler over you, and this because of your iniquities? Behold ye shall go up to Jerusalem again, and the Lord will deliver Laban into your hands.

And after the angel had spoken unto us, he departed.

And after the angel had departed, Laman and Lemuel again began to murmur, saying: How is it possible that the Lord will deliver Laban into our hands? Behold, he is a mighty man, and he can command fifty, yea, even he can slay fifty; then why not us?

## 1 Nephi 4

- 1 At ito ay nangyari na, na ako ay nangusap sa aking mga kapatid, sinasabing: Tayo nang umahon muli sa Jerusalem, at tayo ay maging matapat sa pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon; sapagkat masdan, siya ay higit na makapangyarihan kaysa lahat ng sangkatauhan, kung gayon bakit hindi siya magiging higit na makapangyarihan kaysa kay Laban at sa kanyang limampu, oo, maging sa kanyang sampu-sampung libo?
- 2 Samakatwid tayo nang umahon; maging malakas tayong katulad ni Moises; sapagkat siya ay tunay na nangusap sa tubig ng Dagat na Pula at yaon ay nahati nang dito at doon, at ang ating mga ama ay nakatawid at nakalaya mula sa pagkabihag, sa tuyong lupa, at ang mga hukbo ni Faraon na sumunod sa kanila ay nangalunod sa tubig ng Dagat na Pula.
- 3 Ngayon masdan, alam ninyo na ito ay totoo; at alam din ninyo na isang anghel ang nangusap sa inyo; kung gayon, mag-aalinlangan pa ba kayo? Umahon na tayo; ang Panginoon ay kaya tayong iligtas, maging kagaya ng ating mga ama, at patayin si Laban, maging katulad ng mga taga-Egipto.
- 4 Ngayon, nang sabihin ko ang mga salitang ito, sila ay galit pa rin, at nagpatuloy na bumulung-bulong; gayunman, sumunod sila sa akin hanggang sa kami ay makarating sa labas ng mga pader ng Jerusalem.
- 5 At noon ay gabi; at pinapagtago ko sila sa labas ng mga pader. At matapos nilang maitago ang sarili, ako, si Nephi, ay gumapang na papasok sa lunsod at nagtungo sa tahanan ni Laban.
- 6 At ako ay pinatnubayan ng Espiritu, nang sa simula ay hindi pa nalalaman ang mga bagay na nararapat kong gawin.
- 7 Gayunman, ako ay yumaon, at habang ako ay papalapit sa tahanan ni Laban ay namasdan ko ang isang tao, at siya ay nakabulagta sa lupa sa harapan ko, sapagkat siya ay lango sa alak.
- 8 At nang ako ay lumapit sa kanya ay natuklasan ko na siya si Laban.

## 1 Nephi 4

And it came to pass that I spake unto my brethren, saying: Let us go up again unto Jerusalem, and let us be faithful in keeping the commandments of the Lord; for behold he is mightier than all the earth, then why not mightier than Laban and his fifty, yea, or even than his tens of thousands?

Therefore let us go up; let us be strong like unto Moses; for he truly spake unto the waters of the Red Sea and they divided hither and thither, and our fathers came through, out of captivity, on dry ground, and the armies of Pharaoh did follow and were drowned in the waters of the Red Sea.

Now behold ye know that this is true; and ye also know that an angel hath spoken unto you; wherefore can ye doubt? Let us go up; the Lord is able to deliver us, even as our fathers, and to destroy Laban, even as the Egyptians.

Now when I had spoken these words, they were yet wroth, and did still continue to murmur; nevertheless they did follow me up until we came without the walls of Jerusalem.

And it was by night; and I caused that they should hide themselves without the walls. And after they had hid themselves, I, Nephi, crept into the city and went forth towards the house of Laban.

And I was led by the Spirit, not knowing beforehand the things which I should do.

Nevertheless I went forth, and as I came near unto the house of Laban I beheld a man, and he had fallen to the earth before me, for he was drunken with wine.

And when I came to him I found that it was Laban.

- 9 At namasdan ko ang kanyang espada, at hinugot ko ito sa kaluban niyon; at ang puluhan niyon ay lantay na ginto, at ang pagkakayari niyon ay lubhang napakainam, at nakita ko na ang talim niyon ay yari sa natatanging asero.
- 10 At ito ay nangyari na, na ako ay pinilit ng Espiritu na dapat kong patayin si Laban; datapwat winika ko sa aking puso: Kailanman ako ay hindi nagpadanak ng dugo ng tao. At ako ay nanliit at ninais na huwag ko siyang patayin.
- 11 At ang Espiritu ay muling nangusap sa akin: Masdan ibinigay siya ng Panginoon sa iyong mga kamay. Oo, at alam ko ring hinangad niyang kitlin ang aking buhay; oo, at ayaw niyang makinig sa mga kautusan ng Panginoon; at kanya ring kinuha ang aming ari-arian.
- 12 At ito ay nangyari na, na ang Espiritu ay muling nangusap sa akin: Patayin mo siya, sapagkat ibinigay siya ng Panginoon sa iyong mga kamay;
- 13 Masdan pinapatay ng Panginoon ang masasama upang maisagawa ang kanyang mga banal na layunin. Higit na mabuting masawi ang isang tao kaysa ang isang bansa ay tuluyang manghina at masawi sa kawalang-paniniwala.
- 14 At ngayon, nang ako, si Nephi, ay marinig ang mga salitang ito, naalaala ko ang mga salita ng Panginoon na winika niya sa akin sa ilang, sinasabing: Habang ang iyong mga binhi ay sumusunod sa aking mga kautusan, sila ay uunlad sa lupang pangako.
- 15 Oo, at naisip ko ring hindi nila masusunod ang mga kautusan ng Panginoon alinsunod sa mga batas ni Moises, maliban kung nasa kanila ang mga batas.
- 16 At alam ko rin na ang mga batas ay nakaukit sa mga laminang tanso.
- 17 At muli, alam kong ibinigay ng Panginoon si Laban sa aking mga kamay para sa layuning ito—upang mapasaakin ang mga talaan alinsunod sa kanyang mga kautusan.
- 18 Samakatwid, sinunod ko ang tinig ng Espiritu, at hinawakan ko si Laban sa buhok, at tinagpas ko ang kanyang ulo ng sarili niyang espada.

And I beheld his sword, and I drew it forth from the sheath thereof; and the hilt thereof was of pure gold, and the workmanship thereof was exceedingly fine, and I saw that the blade thereof was of the most precious steel.

And it came to pass that I was constrained by the Spirit that I should kill Laban; but I said in my heart: Never at any time have I shed the blood of man. And I shrunk and would that I might not slay him.

And the Spirit said unto me again: Behold the Lord hath delivered him into thy hands. Yea, and I also knew that he had sought to take away mine own life; yea, and he would not hearken unto the commandments of the Lord; and he also had taken away our property.

And it came to pass that the Spirit said unto me again: Slay him, for the Lord hath delivered him into thy hands;

Behold the Lord slayeth the wicked to bring forth his righteous purposes. It is better that one man should perish than that a nation should dwindle and perish in unbelief.

And now, when I, Nephi, had heard these words, I remembered the words of the Lord which he spake unto me in the wilderness, saying that: Inasmuch as thy seed shall keep my commandments, they shall prosper in the land of promise.

Yea, and I also thought that they could not keep the commandments of the Lord according to the law of Moses, save they should have the law.

And I also knew that the law was engraven upon the plates of brass.

And again, I knew that the Lord had delivered Laban into my hands for this cause—that I might obtain the records according to his commandments.

Therefore I did obey the voice of the Spirit, and took Laban by the hair of the head, and I smote off his head with his own sword.



19 At matapos kong tagpasin ang kanyang ulo ng sarili niyang espada, kinuha ko ang mga kasuotan ni Laban at isinuot ko sa aking katawan; oo, maging ang pinakamumunting bagay; at ibinigkis ko ang kanyang baluti sa aking balakang.

20 At matapos kong magawa ito, ako ay nagtungo sa kabang-yaman ni Laban. At nang ako ay patungo sa kabang-yaman ni Laban, masdan, nakita ko ang tagapagsilbi ni Laban na siyang nag-iingat ng mga susi ng kabang-yaman. At inutusan ko siya sa tinig ni Laban, na dapat siyang sumama sa akin sa kabang-yaman.

21 At inakala niyang ako ang panginooon niyang si Laban, sapagkat namasdan niya ang mga kasuotan at gayon din ang espada na nakabigkis sa aking balakang.

22 At siya ay nangusap sa akin hinggil sa mga elder ng mga Judio, sapagkat nalalaman niya na ang kanyang panginooon, si Laban, ay lumabas nang gabing yaon na kasama nila.

23 At nakipag-usap ako sa kanya na para bang si Laban.

24 At sinabi ko rin sa kanya na dapat kong dalhin ang mga inukit na nasa mga laminang tanso, sa aking mga nakatatandang kapatid na nasa labas ng mga pader.

25 At sinabihan ko rin siya na dapat siyang sumunod sa akin.

26 At siya, sa pag-aakalang ang mga kapatid sa simbahan ang tinutukoy ko, at ako ay tunay na si Laban na aking pinatay, dahil dito, siya ay sumunod sa akin.

27 At nangusap siya sa akin nang maraming ulit hinggil sa mga elder ng mga Judio, habang ako ay patungo sa aking mga kapatid, na nasa labas ng mga pader.

28 At ito ay nangyari na, nang makita ako ni Laman siya ay lubhang natakot, at gayon din sina Lemuel at Sam. At sila ay tumakbong papalayo sa akin; sapagkat inakala nilang ako si Laban, at na ako ay kanyang napatay at naghahangad na kitlin din ang kanilang mga buhay.

29 At ito ay nangyari na, na tinawag ko sila, at narinig nila ako; anupa't huminto sila sa pagtakbong palayo sa akin.

And after I had smitten off his head with his own sword, I took the garments of Laban and put them upon mine own body; yea, even every whit; and I did gird on his armor about my loins.

And after I had done this, I went forth unto the treasury of Laban. And as I went forth towards the treasury of Laban, behold, I saw the servant of Laban who had the keys of the treasury. And I commanded him in the voice of Laban, that he should go with me into the treasury.

And he supposed me to be his master, Laban, for he beheld the garments and also the sword girded about my loins.

And he spake unto me concerning the elders of the Jews, he knowing that his master, Laban, had been out by night among them.

And I spake unto him as if it had been Laban.

And I also spake unto him that I should carry the engravings, which were upon the plates of brass, to my elder brethren, who were without the walls.

And I also bade him that he should follow me.

And he, supposing that I spake of the brethren of the church, and that I was truly that Laban whom I had slain, wherefore he did follow me.

And he spake unto me many times concerning the elders of the Jews, as I went forth unto my brethren, who were without the walls.

And it came to pass that when Laman saw me he was exceedingly frightened, and also Lemuel and Sam. And they fled from before my presence; for they supposed it was Laban, and that he had slain me and had sought to take away their lives also.

And it came to pass that I called after them, and they did hear me; wherefore they did cease to flee from my presence.

30 At ito ay nangyari na, nang mamasdan ng tagapagsilbi ni Laban ang aking mga kapatid ay nagsimula siyang manginig, at tatalilis na sana palayo sa akin at babalik sa lunsod ng Jerusalem.

31 At ngayon, ako, si Nephi, na isang lalaking may malaking bulas, at nakatanggap din ng pambihirang lakas mula sa Panginoon, samakatwid sinunggaban ko ang tagapagsilbi ni Laban, at pinigilan siya, upang huwag siyang makatakas.

32 At ito ay nangyari na, na ako ay nangusap sa kanya, na kung pakikinggan niya ang aking mga salita, yamang ang Panginoon ay buhay, at habang ako ay nabubuhay, at kung makikinig siya sa aming mga salita, hahayaan namin siyang mabuhay.

33 At ako ay nangusap sa kanya, maging nang may panunumpa, na hindi siya dapat matakot; na siya ay magiging isang malayang tao na katulad namin kung siya ay bababa sa amin sa ilang.

34 At nangusap din ako sa kanya, sinasabing: Tunay na ang Panginoon ang nag-utos sa aming gawin ang bagay na ito; at dapat ba kaming hindi maging masakap sa pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon? Kung gayon, kung bababa ka sa ilang sa aking ama, ikaw ay magkakaroon ng lugar sa amin.

35 At ito ay nangyari na, na si Zoram ay nagkalakas ng loob sa mga salitang aking sinabi. Ngayon, ang pangalan ng tagapagsilbi ay Zoram; at nangako siyang bababa patungo sa ilang sa aming ama. Oo, at nanumpa rin siya sa amin na siya ay mamamalagi sa amin mula sa panahong yaon.

36 Ngayon ninais namin na siya ay mamalagi sa amin sa ganitong dahilan, upang huwag malaman ng mga Judio ang hinggil sa aming pagtakas patungo sa ilang, na baka kami ay kanilang tugisin at patayin kami.

37 At ito ay nangyari na, nang manumpa si Zoram sa amin, nawala ang aming takot hinggil sa kanya.

38 At ito ay nangyari na, na aming kinuha ang mga laminang tanso at isinama ang tagapagsilbi ni Laban, at lumisan patungo sa ilang, at naglakbay patungo sa tolda ng aming ama.

And it came to pass that when the servant of Laban beheld my brethren he began to tremble, and was about to flee from before me and return to the city of Jerusalem.

And now I, Nephi, being a man large in stature, and also having received much strength of the Lord, therefore I did seize upon the servant of Laban, and held him, that he should not flee.

And it came to pass that I spake with him, that if he would hearken unto my words, as the Lord liveth, and as I live, even so that if he would hearken unto our words, we would spare his life.

And I spake unto him, even with an oath, that he need not fear; that he should be a free man like unto us if he would go down in the wilderness with us.

And I also spake unto him, saying: Surely the Lord hath commanded us to do this thing; and shall we not be diligent in keeping the commandments of the Lord? Therefore, if thou wilt go down into the wilderness to my father thou shalt have place with us.

And it came to pass that Zoram did take courage at the words which I spake. Now Zoram was the name of the servant; and he promised that he would go down into the wilderness unto our father. Yea, and he also made an oath unto us that he would tarry with us from that time forth.

Now we were desirous that he should tarry with us for this cause, that the Jews might not know concerning our flight into the wilderness, lest they should pursue us and destroy us.

And it came to pass that when Zoram had made an oath unto us, our fears did cease concerning him.

And it came to pass that we took the plates of brass and the servant of Laban, and departed into the wilderness, and journeyed unto the tent of our father.

## 1 Nephi 5

- 1 At ito ay nangyari na, na matapos kaming magtungo sa ilang sa aming ama, masdan, siya ay napuspos ng galak, at gayon din, ang aking inang si Saria ay lubhang nagalak, sapagkat tunay na siya ay nagdalamhati dahil sa amin.
- 2 Sapagkat inakala niya na kami ay nangasawi sa ilang; at siya rin ay dumaing laban sa aking ama, sinasabi sa kanya na siya ay isang mapangitaing tao; sinasabing: Masdan inilayo mo kami sa lupaing ating mana, at ang aking mga anak ay wala na, at tayo ay masasawi sa ilang.
- 3 At sa ganitong pamamaraan ng pananalita ang aking ina ay dumaing laban sa aking ama.
- 4 At ito ay nangyari na, na ang aking ama ay nangusap sa kanya, sinasabing: Alam ko na ako ay isang mapangitaing tao; sapagkat kung hindi ko nakita ang mga bagay ng Diyos sa isang pangitain, hindi ko sana naunawaan ang kabutihan ng Diyos, kundi namalagi na lamang sa Jerusalem, at nasawi kasama ang aking mga kapatid.
- 5 Ngunit masdan, aking natamo ang isang lupang pangako, at sa bagay na ito ako ay nagagalak; oo, at alam kong ililigtas ng Panginoon ang aking mga anak mula sa mga kamay ni Laban, at ibabalik silang muli sa atin sa ilang.
- 6 At sa ganitong pamamaraan ng pananalita inalaw ng aking amang si Lehi ang aking inang si Saria, hinggil sa amin, habang kami ay naglalakbay sa ilang patungo sa lupain ng Jerusalem, upang makuha ang talaan ng mga Judio.
- 7 At nang kami ay nakabalik na sa tolda ng aking ama, masdan, ang kanilang kagalakan ay nalubos, at ang aking ina ay naaliw.
- 8 At siya ay nangusap, sinasabing: Ngayon nalalaman ko nang may katiyakan na ang Panginoon ang nag-utos sa aking asawa na tumakas patungo sa ilang; oo, at nalalaman ko rin nang may katiyakan na pinangalagaan ng Panginoon ang aking mga anak, at iniligtas sila mula sa mga kamay ni Laban, at binigyan sila ng kapangyarihan upang maisagawa nila ang bagay na iniutos ng Panginoon sa kanila. At sa ganitong pamamaraan ng pananalita siya ay nangusap.

## 1 Nephi 5

And it came to pass that after we had come down into the wilderness unto our father, behold, he was filled with joy, and also my mother, Sariah, was exceedingly glad, for she truly had mourned because of us.

For she had supposed that we had perished in the wilderness; and she also had complained against my father, telling him that he was a visionary man; saying: Behold thou hast led us forth from the land of our inheritance, and my sons are no more, and we perish in the wilderness.

And after this manner of language had my mother complained against my father.

And it had come to pass that my father spake unto her, saying: I know that I am a visionary man; for if I had not seen the things of God in a vision I should not have known the goodness of God, but had tarried at Jerusalem, and had perished with my brethren.

But behold, I have obtained a land of promise, in the which things I do rejoice; yea, and I know that the Lord will deliver my sons out of the hands of Laban, and bring them down again unto us in the wilderness.

And after this manner of language did my father, Lehi, comfort my mother, Sariah, concerning us, while we journeyed in the wilderness up to the land of Jerusalem, to obtain the record of the Jews.

And when we had returned to the tent of my father, behold their joy was full, and my mother was comforted.

And she spake, saying: Now I know of a surety that the Lord hath commanded my husband to flee into the wilderness; yea, and I also know of a surety that the Lord hath protected my sons, and delivered them out of the hands of Laban, and given them power whereby they could accomplish the thing which the Lord hath commanded them. And after this manner of language did she speak.

- 9 At ito ay nangyari na, na sila ay lubhang nagalak, at nag-alay ng hain at mga handog na susunugin sa Panginoon; at sila ay nagbigay ng pasalamat sa Diyos ng Israel.
- 10 At matapos na sila ay makapagbigay-pasalamat sa Diyos ng Israel, kinuha ng aking amang si Lehi ang mga talaang nakaukit sa mga laminang tanso, at sinaliksik niya ang mga yaon mula sa simula.
- 11 At namasdan niya na yaon ay naglalaman ng limang aklat ni Moises, na nagbibigay-ulat sa paglikha ng daigdig, at gayon din kina Adan at Eva, na ating mga unang magulang;
- 12 At gayundin ng talaan ng mga Judio mula sa simula, maging hanggang sa pagsisimula ng paghahari ni Zedekias, hari ng Juda;
- 13 At ng mga propesiya rin ng mga banal na propeta, mula sa simula, maging hanggang sa pagsisimula ng paghahari ni Zedekias; at marami rin sa mga propesiyang binigkas ng bibig ni Jeremias.
- 14 At ito ay nangyari na, na natagpuan din ng aking amang si Lehi, sa mga laminang tanso, ang talaangkanan ng kanyang mga ama; sa gayon nalaman niya na siya ay inapo ni Jose; oo, maging iyon ding si Jose na anak ni Jacob, na ipinagbili sa Egipto, at pinangalagaan ng kamay ng Panginoon upang mapangalagaan niya ang kanyang ama, si Jacob, at ang kanyang buong sambahayan mula sa pagkasawi sa taggutom.
- 15 At sila ay pinalaya rin mula sa pagkabihag, at mula sa lupain ng Egipto, ng yaon ding Diyos na nangalaga sa kanila.
- 16 At sa gayon natuklasan din ng aking amang si Lehi ang talaangkanan ng kanyang mga ama. At si Laban ay inapo rin ni Jose, kaya nga iniingatan niya at ng kanyang mga ama ang mga talaan.
- 17 At ngayon, nang mapag-alaman ng aking ama ang lahat ng bagay na ito, siya ay napuspos ng Espiritu, at nagsimulang magpropesiya hinggil sa kanyang mga binhi—
- 18 Na ang mga laminang tansong ito ay hahayo sa lahat ng bansa, lahi, wika, at tao na kanyang mga binhi.

And it came to pass that they did rejoice exceedingly, and did offer sacrifice and burnt offerings unto the Lord; and they gave thanks unto the God of Israel.

And after they had given thanks unto the God of Israel, my father, Lehi, took the records which were engraven upon the plates of brass, and he did search them from the beginning.

And he beheld that they did contain the five books of Moses, which gave an account of the creation of the world, and also of Adam and Eve, who were our first parents;

And also a record of the Jews from the beginning, even down to the commencement of the reign of Zedekiah, king of Judah;

And also the prophecies of the holy prophets, from the beginning, even down to the commencement of the reign of Zedekiah; and also many prophecies which have been spoken by the mouth of Jeremiah.

And it came to pass that my father, Lehi, also found upon the plates of brass a genealogy of his fathers; wherefore he knew that he was a descendant of Joseph; yea, even that Joseph who was the son of Jacob, who was sold into Egypt, and who was preserved by the hand of the Lord, that he might preserve his father, Jacob, and all his household from perishing with famine.

And they were also led out of captivity and out of the land of Egypt, by that same God who had preserved them.

And thus my father, Lehi, did discover the genealogy of his fathers. And Laban also was a descendant of Joseph, wherefore he and his fathers had kept the records.

And now when my father saw all these things, he was filled with the Spirit, and began to prophesy concerning his seed—

That these plates of brass should go forth unto all nations, kindreds, tongues, and people who were of his seed.

- 19 Samakatwid, sinabi niya na ang mga laminang tansong ito ay hindi kailanman masisira; ni hindi palalabuin ng panahon. At siya ay nagpropesiya ng maraming bagay hinggil sa kanyang mga binhi.
- 20 At ito ay nangyari na, na sa gayon ako at ang aking ama nakasunod sa mga kautusang iniutos sa amin ng Panginoon.
- 21 At aming nakuha ang mga talaang iniutos ng Panginoon sa amin, at sinaliksik ang mga yaon at natuklasan na ang mga yaon ay kanais-nais; oo, maging napakahalaga para sa amin kung kaya't maaari naming mapanatili ang mga kautusan ng Panginoon sa aming mga anak.
- 22 Anupa't ito ay naaayon sa karunungan ng Panginoon na dapat naming dalhin ang mga yaon, habang kami ay naglalakbay sa ilang patungo sa lupang pangako.

Wherefore, he said that these plates of brass should never perish; neither should they be dimmed any more by time. And he prophesied many things concerning his seed.

And it came to pass that thus far I and my father had kept the commandments wherewith the Lord had commanded us.

And we had obtained the records which the Lord had commanded us, and searched them and found that they were desirable; yea, even of great worth unto us, insomuch that we could preserve the commandments of the Lord unto our children.

Wherefore, it was wisdom in the Lord that we should carry them with us, as we journeyed in the wilderness towards the land of promise.

## 1 Nephi 6

- 1 At ngayon ako, si Nephi, ay hindi nagbibigay ng talaangkanan ng aking mga ama sa bahaging ito ng aking talaan; kahit kailan ay hindi ko isasama ito sa mga laminang ito na aking sinusulatan; sapagkat ito ay kasama sa talaang iniingatan ng aking ama; kaya nga, hindi ko na ito isusulat pa sa akdang ito.
- 2 Sapagkat sapat nang sabihin ko na kami ay mga inapo ni Jose.
- 3 At walang halaga sa akin na ako ay masusing magbigay ng buong ulat sa lahat ng bagay ukol sa aking ama, sapagkat ang mga yaon ay hindi maisusulat sa mga laminang ito, sapagkat nais kong magkaroon ng puwang upang maisulat ko ang mga bagay ng Diyos.
- 4 Sapagkat ang kaganapan ng aking hangarin ay mahikayat ko ang mga tao na lumapit sa Diyos ni Abraham, at sa Diyos ni Isaac, at sa Diyos ni Jacob, at maligtas.
- 5 Anupa't ang mga bagay na nakasisiya sa sanlibutan ay hindi ko isusulat, kundi ang mga bagay na nakasisiya sa Diyos at sa kanila na hindi makamundo.
- 6 Kaya nga, ako ay magbibigay ng kautusan sa aking mga binhi, na huwag nilang lalagyan ang mga laminang ito ng mga bagay na walang halaga sa mga anak ng tao.

## 1 Nephi 6

And now I, Nephi, do not give the genealogy of my fathers in this part of my record; neither at any time shall I give it after upon these plates which I am writing; for it is given in the record which has been kept by my father; wherefore, I do not write it in this work.

For it sufficeth me to say that we are descendants of Joseph.

And it mattereth not to me that I am particular to give a full account of all the things of my father, for they cannot be written upon these plates, for I desire the room that I may write of the things of God.

For the fulness of mine intent is that I may persuade men to come unto the God of Abraham, and the God of Isaac, and the God of Jacob, and be saved.

Wherefore, the things which are pleasing unto the world I do not write, but the things which are pleasing unto God and unto those who are not of the world.

Wherefore, I shall give commandment unto my seed, that they shall not occupy these plates with things which are not of worth unto the children of men.

## 1 Nephi 7

- 1 At ngayon nais ko na sana'y inyong malaman, na matapos magpropesiya ang aking amang si Lehi, hinggil sa kanyang mga binhi, ito ay nangyari na, na ang Panginoon ay muling nangusap sa kanya, sinasabing hindi marapat na ang mag-anak lamang niya, ni Lehi, ang isama niya sa ilang; kundi ang kanyang mga anak na lalaki ay nararapat magsama ng mga babae upang maging mga asawa, nang sila ay magkaroon ng binhi para sa Panginoon sa lupang pangako.
- 2 At ito ay nangyari na, na ang Panginoon ay nagutos sa kanya na ako, si Nephi, at ang aking mga kapatid, ay nararapat na magsibalik na muli sa lupain ng Jerusalem, at ipagsama si Ismael at ang kanyang mag-anak sa ilang.
- 3 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, at ang aking mga kapatid ay muling naglakbay sa ilang upang umahon sa Jerusalem.
- 4 At ito ay nangyari na, na kami ay umahon sa tahanan ni Ismael, at nakuha namin ang pagsangayon sa paningin ni Ismael, kung kaya nga't nasabi namin sa kanya ang mga salita ng Panginoon.
- 5 At ito ay nangyari na, na pinalambot ng Panginoon ang puso ni Ismael, at ng kanya ring sambahayan, kung kaya nga't sumama sila sa amin sa paglalakbay patungo sa ilang sa tolda ng aming ama.
- 6 At ito ay nangyari na, na samantalang kami'y naglalakbay sa ilang, masdan, sina Laman at Lemuel, at dalawa sa mga anak na babae ni Ismael, at ang dalawang anak na lalaki ni Ismael at ang kanilang mga mag-anak, ay naghimagsik laban sa amin; oo, laban sa akin, si Nephi, at kay Sam, at sa kanilang ama, si Ismael, at sa kanyang asawa, at sa kanyang tatlo pang anak na babae.
- 7 At ito ay nangyari na, na sa paghihimagsik na ito, sila ay nagnais na bumalik sa lupain ng Jerusalem.

## 1 Nephi 7

And now I would that ye might know, that after my father, Lehi, had made an end of prophesying concerning his seed, it came to pass that the Lord spake unto him again, saying that it was not meet for him, Lehi, that he should take his family into the wilderness alone; but that his sons should take daughters to wife, that they might raise up seed unto the Lord in the land of promise.

And it came to pass that the Lord commanded him that I, Nephi, and my brethren, should again return unto the land of Jerusalem, and bring down Ishmael and his family into the wilderness.

And it came to pass that I, Nephi, did again, with my brethren, go forth into the wilderness to go up to Jerusalem.

And it came to pass that we went up unto the house of Ishmael, and we did gain favor in the sight of Ishmael, insomuch that we did speak unto him the words of the Lord.

And it came to pass that the Lord did soften the heart of Ishmael, and also his household, insomuch that they took their journey with us down into the wilderness to the tent of our father.

And it came to pass that as we journeyed in the wilderness, behold Laman and Lemuel, and two of the daughters of Ishmael, and the two sons of Ishmael and their families, did rebel against us; yea, against me, Nephi, and Sam, and their father, Ishmael, and his wife, and his three other daughters.

And it came to pass in the which rebellion, they were desirous to return unto the land of Jerusalem.

- 8 At ngayon ako, si Nephi, dahil sa nalulungkot sa katigasan ng kanilang mga puso, samakatwid, ako ay nangusap sa kanila, sinasabing, oo, maging kay Laman, at kay Lemuel: Masdan kayo ay mga nakatatandang kapatid ko, at paanong napakatigas ng inyong mga puso, at napakabulag ng inyong mga isip, na kinakailangan ninyo na ako, ang inyong nakababatang kapatid, ay mangusap sa inyo, oo, at magbigay ng halimbawa sa inyo?
- 9 Paanong kayo ay hindi makatalima sa mga salita ng Panginoon?
- 10 Paanong nakalimutan ninyo na nakakita kayo ng anghel ng Panginoon?
- 11 Oo, at paanong nakalimutan ninyo ang mga dakilang bagay na ginawa ng Panginoon para sa atin, sa pagliligtas sa atin mula sa mga kamay ni Laban, at gayon din upang makuha natin ang talaan?
- 12 Oo, at paanong nakalimutan ninyo na kayang gawin ng Panginoon ang lahat ng bagay alinsunod sa kanyang kalooban, alang-alang sa mga anak ng tao, kung tunay na ginagamit nila ang pananampalataya sa kanya? Kaya nga, tayo ay maging matapat sa kanya.
- 13 At kung tunay na magiging matapat tayo sa kanya, ating matatamo ang lupang pangako; at malalaman ninyo sa darating na panahon na ang salita ng Panginoon ay matutupad hinggil sa pagkawasak ng Jerusalem; sapagkat lahat ng bagay na sinabi ng Panginoon hinggil sa pagkawasak ng Jerusalem ay tiyak na matutupad.
- 14 Sapagkat masdan, ang Espiritu ng Panginoon ay hihinto kapagdaka sa pananatili sa kanila; sapagkat masdan, itinakwil nila ang mga propeta, at si Jeremias ay kanilang itinaon sa bilangguan. At kanilang hinangad na kitlin ang buhay ng aking ama, kung kaya nga't kanilang naitaboy siya palabas ng lupain.
- 15 Ngayon masdan, sinasabi ko sa inyo na kung kayo ay magsisibalik sa Jerusalem kayo rin ay masasawing kasama nila. At ngayon, kung kayo ay makapipili, umahon kayo sa lupain, at tandaan ang mga salitang sinasabi ko sa inyo, na kung kayo ay paroroon kayo ay masasawi rin; sapagkat sa gayon ang Espiritu ng Panginoon ay nagpipilit na ako ay magsalita.

And now I, Nephi, being grieved for the hardness of their hearts, therefore I spake unto them, saying, yea, even unto Laman and unto Lemuel: Behold ye are mine elder brethren, and how is it that ye are so hard in your hearts, and so blind in your minds, that ye have need that I, your younger brother, should speak unto you, yea, and set an example for you?

How is it that ye have not hearkened unto the word of the Lord?

How is it that ye have forgotten that ye have seen an angel of the Lord?

Yea, and how is it that ye have forgotten what great things the Lord hath done for us, in delivering us out of the hands of Laban, and also that we should obtain the record?

Yea, and how is it that ye have forgotten that the Lord is able to do all things according to his will, for the children of men, if it so be that they exercise faith in him? Wherefore, let us be faithful to him.

And if it so be that we are faithful to him, we shall obtain the land of promise; and ye shall know at some future period that the word of the Lord shall be fulfilled concerning the destruction of Jerusalem; for all things which the Lord hath spoken concerning the destruction of Jerusalem must be fulfilled.

For behold, the Spirit of the Lord ceaseth soon to strive with them; for behold, they have rejected the prophets, and Jeremiah have they cast into prison. And they have sought to take away the life of my father, insomuch that they have driven him out of the land.

Now behold, I say unto you that if ye will return unto Jerusalem ye shall also perish with them. And now, if ye have choice, go up to the land, and remember the words which I speak unto you, that if ye go ye will also perish; for thus the Spirit of the Lord constraineth me that I should speak.



- 16 At ito ay nangyari na, nang ako, si Nephi, ay sabihin ang mga salitang ito sa aking mga kapatid, sila ay nagalit sa akin. At ito ay nangyari na, na pinagbuhatan nila ako ng kanilang mga kamay, sapagkat masdan, sila ay lubhang nagalit, at kanila akong iginapos ng mga lubid, sapagkat kanilang hinangad na kitlin ang aking buhay, nang maiwan nila ako sa ilang upang masila ng mababangis na hayop.
- 17 Ngunit ito ay nangyari na, na ako ay nanalangin sa Panginoon, sinasabing: O Panginoon, alinsunod sa pananampalataya ko na nasa sa inyo, loobin ninyong maligtas ako mula sa mga kamay ng mga kapatid ko; oo, maging bigyan ninyo ako ng lakas upang malagot ko ang mga lubid na ito na gumagapos sa akin.
- 18 At ito ay nangyari na, nang sabihin ko ang mga salitang ito, masdan, ang mga lubid ay nakalag mula sa aking mga kamay at paa, at ako ay tumayo sa harapan ng aking mga kapatid, at ako ay muling nangusap sa kanila.
- 19 At ito ay nangyari na, na muli silang nagalit sa akin, at hinangad na pagbuhatan ako ng mga kamay; ngunit masdan, isa sa mga anak na babae ni Ismael, oo, at gayon din ang kanyang ina, at isa sa mga anak na lalaki ni Ismael, ang nagmakaawa sa aking mga kapatid, kung kaya nga't napalambot nila ang kanilang mga puso; at sila ay tumigil sa pagtatangkang kitlin ang aking buhay.
- 20 At ito ay nangyari na, na sila ay nalungkot, dahil sa kanilang kasamaan, kung kaya nga't sila ay yumukod sa harapan ko, at nagmakaawa sa akin na patawarin ko sila sa bagay na kanilang nagawa laban sa akin.
- 21 At ito ay nangyari na, na tahasan ko silang pinatawad sa lahat ng kanilang ginawa, at pinayuhan ko silang manalangin sa Panginoon nilang Diyos para sa kanilang kapatawaran. At ito ay nangyari na, na ginawa nila ang gayon. At matapos silang makapanalangin sa Panginoon ay muli kaming naglakbay patungo sa tolda ng aming ama.
- 22 At ito ay nangyari na, na kami ay nakarating sa tolda ng aming ama. At matapos na ako at ang aking mga kapatid at ang buong sambahayan ni Ismael ay dumating sa tolda ng aking ama, sila ay nagbigay-pasalamat sa Panginoon nilang Diyos; at sila ay nag-alay ng hain at mga handog na susunugin sa kanya.

And it came to pass that when I, Nephi, had spoken these words unto my brethren, they were angry with me. And it came to pass that they did lay their hands upon me, for behold, they were exceedingly wroth, and they did bind me with cords, for they sought to take away my life, that they might leave me in the wilderness to be devoured by wild beasts.

But it came to pass that I prayed unto the Lord, saying: O Lord, according to my faith which is in thee, wilt thou deliver me from the hands of my brethren; yea, even give me strength that I may burst these bands with which I am bound.

And it came to pass that when I had said these words, behold, the bands were loosed from off my hands and feet, and I stood before my brethren, and I spake unto them again.

And it came to pass that they were angry with me again, and sought to lay hands upon me; but behold, one of the daughters of Ishmael, yea, and also her mother, and one of the sons of Ishmael, did plead with my brethren, insomuch that they did soften their hearts; and they did cease striving to take away my life.

And it came to pass that they were sorrowful, because of their wickedness, insomuch that they did bow down before me, and did plead with me that I would forgive them of the thing that they had done against me.

And it came to pass that I did frankly forgive them all that they had done, and I did exhort them that they would pray unto the Lord their God for forgiveness. And it came to pass that they did so. And after they had done praying unto the Lord we did again travel on our journey towards the tent of our father.

And it came to pass that we did come down unto the tent of our father. And after I and my brethren and all the house of Ishmael had come down unto the tent of my father, they did give thanks unto the Lord their God; and they did offer sacrifice and burnt offerings unto him.

## 1 Nephi 8

- 1 At ito ay nangyari na, na tinipon naming sama-sama ang lahat ng uri ng binhi, bawat uri ng butil, at gayon din ang mga binhi ng lahat ng uri ng bungang-kahoy.
- 2 At ito ay nangyari na, na habang nanatili ang aking ama sa ilang ay nangusap siya sa amin, sinasabing: Masdan, nanaginip ako ng isang panaginip; o, sa ibang salita, nakakita ako ng pangitain.
- 3 At masdan, dahil sa nakita kong bagay, may dahilan ako upang magalak sa Panginoon dahil kay Nephi at gayon din kay Sam; sapagkat may dahilan ako upang mag-akala na sila, at marami rin sa kanilang mga binhi, ay maliligtas.
- 4 Subalit masdan, Laman at Lemuel, labis akong natatakot dahil sa inyo; sapagkat masdan, inakala kong nakakita ako sa aking panaginip, ng isang madilim at mapanglaw na ilang.
- 5 At ito ay nangyari na, na nakakita ako ng isang lalaki, at nakasuot siya ng isang puting bata; lumapit siya at tumayo sa aking harapan.
- 6 At ito ay nangyari na, na nangusap siya sa akin, at sinabihan akong sumunod sa kanya.
- 7 At ito ay nangyari na, nang sumunod ako sa kanya ay namasdan ko ang aking sarili na ako ay nasa isang madilim at mapanglaw na ilang.
- 8 At matapos na maglakbay ako sa loob ng maraming oras sa kadiliman, nagsimula akong manalangin sa Panginoon na maawa siya sa akin, alinsunod sa nag-uumapaw niyang magiliw na awa.
- 9 At ito ay nangyari na, matapos akong manalangin sa Panginoon ako ay nakamalas ng malaki at malawak na parang.
- 10 At ito ay nangyari na, na nakamalas ako ng isang punungkahoy, na ang bunga ay kanais-nais upang makapagpaligaya sa tao.
- 11 At ito ay nangyari na, na lumapit ako at kumain ng bunga nito; at napagtanto ko na napakatamis nito, higit pa sa lahat ng natikman ko na. Oo, at namasdan ko na ang bunga niyon ay puti, higit pa sa lahat ng kaputiang nakita ko na.

## 1 Nephi 8

And it came to pass that we had gathered together all manner of seeds of every kind, both of grain of every kind, and also of the seeds of fruit of every kind.

And it came to pass that while my father tarried in the wilderness he spake unto us, saying: Behold, I have dreamed a dream; or, in other words, I have seen a vision.

And behold, because of the thing which I have seen, I have reason to rejoice in the Lord because of Nephi and also of Sam; for I have reason to suppose that they, and also many of their seed, will be saved.

But behold, Laman and Lemuel, I fear exceedingly because of you; for behold, methought I saw in my dream, a dark and dreary wilderness.

And it came to pass that I saw a man, and he was dressed in a white robe; and he came and stood before me.

And it came to pass that he spake unto me, and bade me follow him.

And it came to pass that as I followed him I beheld myself that I was in a dark and dreary waste.

And after I had traveled for the space of many hours in darkness, I began to pray unto the Lord that he would have mercy on me, according to the multitude of his tender mercies.

And it came to pass after I had prayed unto the Lord I beheld a large and spacious field.

And it came to pass that I beheld a tree, whose fruit was desirable to make one happy.

And it came to pass that I did go forth and partake of the fruit thereof; and I beheld that it was most sweet, above all that I ever before tasted. Yea, and I beheld that the fruit thereof was white, to exceed all the whiteness that I had ever seen.

- 12 At nang kinain ko ang bunga niyon ay pinuspos nito ang aking kaluluwa ng labis na kagalakan; anupa't nagsimula akong magkaroon ng pagnanais na makakain din nito ang aking mag-anak; sapagkat alam ko na ito ay higit na kanais-nais sa lahat ng iba pang bunga.
- 13 At nang nagpalingun-lingon ako, nagbabaka sakaling matagpuan ko rin ang aking mag-anak, nakamalas ako ng isang ilog ng tubig; at ito ay dumadaloy, at malapit ito sa punungkahoy kung saan ako kumakain ng bunga.
- 14 At nagmasid ako upang mamasdan kung saan ito nagmula; at nakita ko ang dulo nito sa di kalayuan; at sa dulo nito ay namasdan ko ang inyong inang si Saria, at si Sam, at si Nephi; at nakatayo sila na waring hindi alam kung saan sila patutungo.
- 15 At ito ay nangyari na, na kinawayan ko sila; at sinabihan ko rin sila sa isang malakas na tinig na dapat silang lumapit sa akin, at kumain ng bunga, na higit na kanais-nais sa lahat ng iba pang bunga.
- 16 At ito ay nangyari na, na lumapit sila sa akin at kumain din ng bunga.
- 17 At ito ay nangyari na, na nagnais akong lumapit at kumain din ng bunga sina Laman at Lemuel; kaya nga, ibinaling ko ang aking mga paningin sa dulo ng ilog, nagbabaka sakaling makita ko sila.
- 18 At ito ay nangyari na, na nakita ko sila, subalit ayaw nilang lumapit sa akin at kumain ng bunga.
- 19 At nakamalas ako ng gabay na bakal, at ito ay nasa kahabaan ng pampang ng ilog, at patungo sa kinatatayuan kong punungkahoy.
- 20 At nakamalas din ako ng makipot at makitid na landas, sa kahabaan ng gabay na bakal, maging sa kinatatayuan kong punungkahoy, at patungo rin ito sa dulo ng bukal, patungo sa malaki at malawak na parang, na sa waring ito ay isang daigdig.
- 21 At nakakita ako ng di mabilang na lipumpon ng mga tao, marami sa kanila ay nagpapatuloy sa paglalakad, upang kanilang matamo ang landas patungo sa kinatatayuan kong punungkahoy.
- 22 At ito ay nangyari na, na nagtungo sila, at nagsimula sa landas na patungo sa punungkahoy.

And as I partook of the fruit thereof it filled my soul with exceedingly great joy; wherefore, I began to be desirous that my family should partake of it also; for I knew that it was desirable above all other fruit.

And as I cast my eyes round about, that perhaps I might discover my family also, I beheld a river of water; and it ran along, and it was near the tree of which I was partaking the fruit.

And I looked to behold from whence it came; and I saw the head thereof a little way off; and at the head thereof I beheld your mother Sariah, and Sam, and Nephi; and they stood as if they knew not whither they should go.

And it came to pass that I beckoned unto them; and I also did say unto them with a loud voice that they should come unto me, and partake of the fruit, which was desirable above all other fruit.

And it came to pass that they did come unto me and partake of the fruit also.

And it came to pass that I was desirous that Laman and Lemuel should come and partake of the fruit also; wherefore, I cast mine eyes towards the head of the river, that perhaps I might see them.

And it came to pass that I saw them, but they would not come unto me and partake of the fruit.

And I beheld a rod of iron, and it extended along the bank of the river, and led to the tree by which I stood.

And I also beheld a strait and narrow path, which came along by the rod of iron, even to the tree by which I stood; and it also led by the head of the fountain, unto a large and spacious field, as if it had been a world.

And I saw numberless concourses of people, many of whom were pressing forward, that they might obtain the path which led unto the tree by which I stood.

And it came to pass that they did come forth, and commence in the path which led to the tree.

23 At ito ay nangyari na, na may lumitaw na abu-abo ng kadiliman; oo, maging isang napakalaking abu-abo ng kadiliman, kung kaya nga't sila na mga nagsimula sa landas ay nangaligaw, at sila ay nagpagala-gala at nangawala.

24 At ito ay nangyari na, na nakamalas ako ng iba pang nagpapatuloy sa paglalakad, at nagtungo sila at mahigpit na humawak sa dulo ng gabay na bakal; at sila ay nagpatuloy sa paglalakad sa abu-abo ng kadiliman, mahigpit na nakakapit sa gabay na bakal, maging hanggang sa makalapit sila at makakain ng bunga ng punungkahoy.

25 At matapos na makakain sila ng bunga ng punungkahoy ay nagpalingun-lingon sila na sa wari ay nahihya.

26 At nagpalingun-lingon din ako, at nakamalas, sa kabila ng ilog ng tubig, ng isang malaki at maluwan na gusali; at nakatayo ito na sa wari ay nasa hangin, sa itaas ng lupa.

27 At puno ito ng tao, kapwa matanda at bata, kapwa lalaki at babae; at ang paraan ng kanilang pananamit ay labis na mainam; at sila ay nasa ayos ng panlalait at pagtuturo ng kanilang daliri roon sa mga yaong nagsitungo at kumakain ng bunga.

28 At matapos na matikman nila ang bunga sila ay nahiya, dahil sa mga yaong humahamak sa kanila; at nangagsilayo sila patungo sa mga ipinagbabawal na landas at nangawala.

29 At ngayon ako, si Nephi, ay hindi nagsasabi ng lahat ng salita ng aking ama.

30 Subalit, upang mapaikli sa pagsusulat, masdan, nakakita siya ng marami pang tao na nagpapatuloy sa paglalakad; at nakarating sila at mahigpit na humawak sa dulo ng gabay na bakal; at nagpatuloy sila sa kanilang paglalakad, patuloy na humahawak nang mahigpit sa gabay na bakal, hanggang sa makarating sila at napatiluhod at makakain ng bunga ng punungkahoy.

31 At nakita rin niya ang marami pang tao na umaapuhap sa kanilang daraanan patungo sa malaki at maluwan na gusali.

32 At ito ay nangyari na, na marami ang nangalunod sa kailaliman ng bukal; at marami ang nangawala sa kanyang paningin, nagpagala-gala sa mga di kilalang daan.

And it came to pass that there arose a mist of darkness; yea, even an exceedingly great mist of darkness, insomuch that they who had commenced in the path did lose their way, that they wandered off and were lost.

And it came to pass that I beheld others pressing forward, and they came forth and caught hold of the end of the rod of iron; and they did press forward through the mist of darkness, clinging to the rod of iron, even until they did come forth and partake of the fruit of the tree.

And after they had partaken of the fruit of the tree they did cast their eyes about as if they were ashamed.

And I also cast my eyes round about, and beheld, on the other side of the river of water, a great and spacious building; and it stood as it were in the air, high above the earth.

And it was filled with people, both old and young, both male and female; and their manner of dress was exceedingly fine; and they were in the attitude of mocking and pointing their fingers towards those who had come at and were partaking of the fruit.

And after they had tasted of the fruit they were ashamed, because of those that were scoffing at them; and they fell away into forbidden paths and were lost.

And now I, Nephi, do not speak all the words of my father.

But, to be short in writing, behold, he saw other multitudes pressing forward; and they came and caught hold of the end of the rod of iron; and they did press their way forward, continually holding fast to the rod of iron, until they came forth and fell down and partook of the fruit of the tree.

And he also saw other multitudes feeling their way towards that great and spacious building.

And it came to pass that many were drowned in the depths of the fountain; and many were lost from his view, wandering in strange roads.

- 33 At napakarami ng taong pumasok sa loob ng yaong di pangkaraniwang gusali. At matapos silang makapasok sa gusaling yaon ay itinuro nila ang mapanlibak nilang daliri sa akin at sa mga yaong kumakain din ng bunga; subalit hindi namin sila pinansin.
- 34 Ito ang mga salita ng aking ama: Kasindami ng pumansin sa kanila, ay nangaligaw.
- 35 At hindi kumain ng bunga sina Laman at Lemuel, wika ng aking ama.
- 36 At ito ay nangyari na, na matapos sabihin ng aking ama ang lahat ng kanyang panaginip o pangitain, na marami, sinabi niya sa amin, na dahil dito sa mga bagay na nakita niya sa pangitain, labis siyang natatakot para kina Laman at Lemuel; oo, natatakot siya na baka itakwil sila mula sa harapan ng Panginoon.
- 37 At pagkatapos kanyang pinayuhan sila, lakip ang lahat ng damdamin ng isang nagmamahal na magulang, na makinig sila sa kanyang mga salita, na baka sakaling maawa ang Panginoon sa kanila, at hindi sila itakwil; oo, pinangaralan sila ng aking ama.
- 38 At matapos niyang pangaralan sila, at nagpropesiya rin sa kanila ng maraming bagay, kanyang sinabihan silang sundin ang mga kautusan ng Panginoon; at huminto siya sa pagsasalita sa kanila.

And great was the multitude that did enter into that strange building. And after they did enter into that building they did point the finger of scorn at me and those that were partaking of the fruit also; but we heeded them not.

These are the words of my father: For as many as heeded them, had fallen away.

And Laman and Lemuel partook not of the fruit, said my father.

And it came to pass after my father had spoken all the words of his dream or vision, which were many, he said unto us, because of these things which he saw in a vision, he exceedingly feared for Laman and Lemuel; yea, he feared lest they should be cast off from the presence of the Lord.

And he did exhort them then with all the feeling of a tender parent, that they would hearken to his words, that perhaps the Lord would be merciful to them, and not cast them off; yea, my father did preach unto them.

And after he had preached unto them, and also prophesied unto them of many things, he bade them to keep the commandments of the Lord; and he did cease speaking unto them.

## 1 Nephi 9

- 1 At ang lahat ng bagay na ito ay nakita ng aking ama, at narinig, at sinabi, habang naninirahan siya sa isang tolda, sa lambak ng Lemuel, at maraming-marami pa ring bagay, na hindi maaaring isulat sa mga laminang ito.
- 2 At ngayon, tulad ng sinabi ko hinggil sa mga laminang ito, masdan, hindi yaon ang mga laminang ginawan ko ng buong ulat ng kasaysayan ng aking mga tao; sapagkat ang mga laminang ginawan ko ng buong ulat ng aking mga tao ay binigyan ko ng pangalang Nephi; kaya nga, tinatawag ang mga yaon na mga lamina ni Nephi, alinsunod sa aking pangalan; at tinatawag din ang mga laminang ito na mga lamina ni Nephi.
- 3 Gayunman, nakatanggap ako ng kautusan mula sa Panginoon na dapat kong gawin ang mga laminang ito, para sa natatanging layunin na magkaroon ng isang ulat na nakaukit hinggil sa mga ministeryo ng aking mga tao.
- 4 Sa iba pang mga lamina ay dapat maukit ang ulat ng paghahari ng mga hari, at ang mga digmaan at alitan ng aking mga tao; anupa't ang mga laminang ito ay para sa higit pang bahagi ng ministeryo; at ang iba pang mga lamina ay para sa higit pang bahagi ng paghahari ng mga hari at ng mga digmaan at alitan ng aking mga tao.
- 5 Samakatwid, inutusan ako ng Panginoong gawin ang mga laminang ito para sa isang matalinong layunin sa kanya, na kung anong layunin ay hindi ko alam.
- 6 Subalit nalalaman ng Panginoon ang lahat ng bagay mula sa simula; kaya nga, naghahanda siya ng paraan upang maisakatuparan ang lahat ng kanyang gawain sa mga anak ng tao; sapagkat masdan, taglay niya ang lahat ng kapangyarihan para sa katuparan ng lahat ng kanyang salita. At gayon nga ito. Amen.

## 1 Nephi 9

And all these things did my father see, and hear, and speak, as he dwelt in a tent, in the valley of Lemuel, and also a great many more things, which cannot be written upon these plates.

And now, as I have spoken concerning these plates, behold they are not the plates upon which I make a full account of the history of my people; for the plates upon which I make a full account of my people I have given the name of Nephi; wherefore, they are called the plates of Nephi, after mine own name; and these plates also are called the plates of Nephi.

Nevertheless, I have received a commandment of the Lord that I should make these plates, for the special purpose that there should be an account engraven of the ministry of my people.

Upon the other plates should be engraven an account of the reign of the kings, and the wars and contentions of my people; wherefore these plates are for the more part of the ministry; and the other plates are for the more part of the reign of the kings and the wars and contentions of my people.

Wherefore, the Lord hath commanded me to make these plates for a wise purpose in him, which purpose I know not.

But the Lord knoweth all things from the beginning; wherefore, he prepareth a way to accomplish all his works among the children of men; for behold, he hath all power unto the fulfilling of all his words. And thus it is. Amen.

## 1 Nephi 10

- 1 At ngayon ako, si Nephi, ay magpapatuloy na magbigay ng ulat sa mga laminang ito hinggil sa aking mga hakbangin, at aking panunungkulan at ministeryo; samakatwid, upang magpatuloy sa aking sariling ulat, kinakailangang mangusap ako kahit paano ng mga bagay hinggil sa aking ama, at hinggil din sa aking mga kapatid.
- 2 Sapagkat masdan, ito ay nangyari na, na matapos huminto ang aking ama sa pagsasalaysay ng mga salita ng kanyang panaginip, at pagpapayo rin sa kanila sa pagsusumigasig, nangusap din siya sa kanila hinggil sa mga Judio—
- 3 Na matapos silang malipol, maging yaong dakilang lunsod ng Jerusalem, at marami ang madadalang bihag sa Babilonia, alinsunod sa sariling takdang panahon ng Panginoon, sila ay muling magbabalik, oo, maging sa panunumbalik nila sa kalayaan mula sa pagkabiha; at matapos mapanumbalik sila sa kalayaan mula sa pagkabiha ay muli nilang aangkinin ang lupaing kanilang mana.
- 4 Oo, maging anim na raang taon mula nang lisanin ng aking ama ang Jerusalem, isang propeta ang ibabangon ng Panginoong Diyos sa mga Judio— maging isang Mesiyas, o, sa ibang salita, isang Tagapagligtas ng sanlibutan.
- 5 At nangusap din siya hinggil sa mga propeta, na napakalaking bilang ang nagpatotoo sa mga bagay na ito, hinggil sa Mesiyas na ito, na kanyang nabanggit, o itong Manunubos ng sanlibutan.
- 6 Samakatwid, ang buong sangkatauhan ay nasa ligaw at nahulog na kalagayan, at maliligtas lamang kung sila ay aasa sa Manunubos na ito.
- 7 At nangusap din siya hinggil sa isang propetang darating bago ang Mesiyas, na siyang maghahanda ng daan para sa Panginoon—
- 8 Oo, maging siya man ay magtutungo at mangangaral sa ilang: Ihanda ninyo ang daan ng Panginoon, tuwirin ninyo ang kanyang mga landas; sapagkat may isang nakatayo sa inyo na hindi ninyo nakikilala; at higit siyang makapangyarihan kaysa akin, na kung kaninong panali ng pangyapak ay hindi ako karapat-dapat na magkalas. At marami pang sinabi ang aking ama hinggil sa bagay na ito.

## 1 Nephi 10

And now I, Nephi, proceed to give an account upon these plates of my proceedings, and my reign and ministry; wherefore, to proceed with mine account, I must speak somewhat of the things of my father, and also of my brethren.

For behold, it came to pass after my father had made an end of speaking the words of his dream, and also of exhorting them to all diligence, he spake unto them concerning the Jews—

That after they should be destroyed, even that great city Jerusalem, and many be carried away captive into Babylon, according to the own due time of the Lord, they should return again, yea, even be brought back out of captivity; and after they should be brought back out of captivity they should possess again the land of their inheritance.

Yea, even six hundred years from the time that my father left Jerusalem, a prophet would the Lord God raise up among the Jews—even a Messiah, or, in other words, a Savior of the world.

And he also spake concerning the prophets, how great a number had testified of these things, concerning this Messiah, of whom he had spoken, or this Redeemer of the world.

Wherefore, all mankind were in a lost and in a fallen state, and ever would be save they should rely on this Redeemer.

And he spake also concerning a prophet who should come before the Messiah, to prepare the way of the Lord—

Yea, even he should go forth and cry in the wilderness: Prepare ye the way of the Lord, and make his paths straight; for there standeth one among you whom ye know not; and he is mightier than I, whose shoe's latchet I am not worthy to unloose. And much spake my father concerning this thing.

- 9 At sinabi ng aking ama na siya ay magbibinyag sa Betabara, sa kabila ng Jordan; at sinabi rin niya na siya ay magbibinyag sa pamamagitan ng tubig; maging ang Mesiyas ay bibinyagan niya sa tubig.
- 10 At matapos niyang mabinyagan sa pamamagitan ng tubig ang Mesiyas, kanyang mamamasdan at patototohanang nabinyagan niya ang Kordero ng Diyos, na siyang mag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan.
- 11 At ito ay nangyari na, na matapos sabihin ng aking ama ang mga salitang ito siya ay nangusap sa aking mga kapatid hinggil sa ebanghelyong ipangangaral sa mga Judio, at hinggil din sa panghihina ng mga Judio sa kawalang-paniniwala. At matapos nilang patayin ang Mesiyas, na paparito, at matapos siyang patayin siya ay babangon mula sa patay, at ipakikilala niya ang kanyang sarili, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, sa mga Gentil.
- 12 Oo, maging ang aking ama ay maraming sinabi hinggil sa mga Gentil, at hinggil din sa sambahayan ni Israel, na sila ay ihahalintulad sa isang punong olibo, na babaliin ang mga sanga at ikakalat sa lahat ng dako ng mundo.
- 13 Anupa't sinabi niya na talagang kinakailangang akayin tayo nang sama-sama sa lupang pangako, tungo sa ikatutupad ng salita ng Panginoon, na tayo ay ikakalat sa lahat ng dako ng mundo.
- 14 At matapos na ikalat ang sambahayan ni Israel, sila ay muling sama-samang titipunin; o, sa lalong maliwanag, matapos matanggap ng mga Gentil ang kabuuan ng Ebanghelyo, ang mga likas na sanga ng punong olibo, o ang mga labi ng sambahayan ni Israel, ay ihuhugpong, o darating sa kaalaman ng tunay na Mesiyas, na kanilang Panginoon at kanilang Manunubos.
- 15 At sa ganitong pamamaraan ng pananalita ang aking ama ay nagpropesiya at nangusap sa aking mga kapatid, at marami pa ring bagay na hindi ko isinulat sa aklat na ito; sapagkat isinulat ko ang marami sa mga yaong inaakala kong kapaki-pakinabang sa isa ko pang aklat.
- 16 At ang lahat ng bagay na ito, na aking sinabi, ay ginawa ko habang naninirahan sa isang tolda ang aking ama, sa lambak ng Lemuel.

And my father said he should baptize in Bethabara, beyond Jordan; and he also said he should baptize with water; even that he should baptize the Messiah with water.

And after he had baptized the Messiah with water, he should behold and bear record that he had baptized the Lamb of God, who should take away the sins of the world.

And it came to pass after my father had spoken these words he spake unto my brethren concerning the gospel which should be preached among the Jews, and also concerning the dwindling of the Jews in unbelief. And after they had slain the Messiah, who should come, and after he had been slain he should rise from the dead, and should make himself manifest, by the Holy Ghost, unto the Gentiles.

Yea, even my father spake much concerning the Gentiles, and also concerning the house of Israel, that they should be compared like unto an olive tree, whose branches should be broken off and should be scattered upon all the face of the earth.

Wherefore, he said it must needs be that we should be led with one accord into the land of promise, unto the fulfilling of the word of the Lord, that we should be scattered upon all the face of the earth.

And after the house of Israel should be scattered they should be gathered together again; or, in fine, after the Gentiles had received the fulness of the Gospel, the natural branches of the olive tree, or the remnants of the house of Israel, should be grafted in, or come to the knowledge of the true Messiah, their Lord and their Redeemer.

And after this manner of language did my father prophesy and speak unto my brethren, and also many more things which I do not write in this book; for I have written as many of them as were expedient for me in mine other book.

And all these things, of which I have spoken, were done as my father dwelt in a tent, in the valley of Lemuel.



17 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, matapos na marinig ang lahat ng salita ng aking ama, hinggil sa mga bagay na nakita niya sa pangitain, at yaon ding mga bagay na sinabi niya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, isang kapangyarihang natanggap niya sa pamamagitan ng pananampalataya sa Anak ng Diyos—at ang Anak ng Diyos ang Mesiyas na paparito—ako, si Nephi, ay nagnais ding aking makita, at marinig, at malaman ang mga bagay na ito, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, na siyang kaloob ng Diyos sa lahat ng yaong masisigasig na humahanap sa kanya, kapwa sa sinaunang panahon at maging sa panahong ipakikita niya ang kanyang sarili sa mga anak ng tao.

18 Sapagkat siya rin ang kahapon, ngayon, at magpakailanman; at ang daan ay nakahanda para sa lahat ng tao mula pa sa pagkakatatag ng daigdig, kung sakali mang sila ay magsisisi at lalapit sa kanya.

19 Sapagkat siya na naghahanap nang masigasig ay makasusumpung; at ang mga hiwaga ng Diyos ay ilalahad sa kanila, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, kapwa sa panahong ito at sa sinaunang panahon, at kapwa sa sinaunang panahon at sa panahong darating; anupa't ang hakbangin ng Panginoon ay isang walang hanggang pag-ikot.

20 Samakatwid tandaan, O tao, sapagkat sa lahat ng inyong gagawin kayo ay dadalhin sa paghahatol.

21 Anupa't kung hinangad ninyong gumawa ng kasamaan sa mga araw ng inyong pagsubok, sa gayon matatagpuan kayong marurumi sa harapan ng hukumang-luklukan ng Diyos; at walang maruming bagay ang makapananahanang kasama ng Diyos; kaya nga, tiyak na kayo ay itatakwil magpakailanman.

22 At ang Espiritu Santo ang nagbibigay ng kapangyarihan na sabihin ko ang mga bagay na ito, at huwag ipagkait ang mga bagay na yaon.

And it came to pass after I, Nephi, having heard all the words of my father, concerning the things which he saw in a vision, and also the things which he spake by the power of the Holy Ghost, which power he received by faith on the Son of God—and the Son of God was the Messiah who should come—I, Nephi, was desirous also that I might see, and hear, and know of these things, by the power of the Holy Ghost, which is the gift of God unto all those who diligently seek him, as well in times of old as in the time that he should manifest himself unto the children of men.

For he is the same yesterday, today, and forever; and the way is prepared for all men from the foundation of the world, if it so be that they repent and come unto him.

For he that diligently seeketh shall find; and the mysteries of God shall be unfolded unto them, by the power of the Holy Ghost, as well in these times as in times of old, and as well in times of old as in times to come; wherefore, the course of the Lord is one eternal round.

Therefore remember, O man, for all thy doings thou shalt be brought into judgment.

Wherefore, if ye have sought to do wickedly in the days of your probation, then ye are found unclean before the judgment-seat of God; and no unclean thing can dwell with God; wherefore, ye must be cast off forever.

And the Holy Ghost giveth authority that I should speak these things, and deny them not.

## 1 Nephi 11

- 1 Sapagkat ito ay nangyari na, na matapos kong naising malaman ang mga bagay na nakita ng aking ama, at naniniwala na ang Panginoon ay magagawang ipaalam sa akin ang mga bagay na yaon, habang nakaupo akong nagbubulay-bulay sa aking puso ay napasa-Espiritu ako ng Panginoon, oo, sa isang napakataas na bundok, na kailanman ay hindi ko pa nakikita, at kailanman ay hindi ko pa naiyayapak ang aking mga paa.
- 2 At sinabi sa akin ng Espiritu: Masdan, ano ang ninanais mo?
- 3 At tumugon ako: Nais kong mamasdan ang mga bagay na nakita ng aking ama.
- 4 At sinabi sa akin ng Espiritu: Naniniwala ka bang nakita ng iyong ama ang punungkahoy na kanyang sinabi?
- 5 At sinabi ko: Oo, nalalaman mong naniniwala ako sa lahat ng salita ng aking ama.
- 6 At nang sabihin ko ang mga salitang ito, ang Espiritu ay sumigaw sa malakas na tinig, sinasabing: Hosana sa Panginoon, ang kataas-taasang Diyos; sapagkat siya ang Diyos ng buong mundo, oo, maging higit sa lahat. At pinagpala ka, Nephi, sapagkat naniniwala ka sa Anak ng kataas-taasang Diyos; kaya nga, mamamasdan mo ang mga bagay na ninanais mo.
- 7 At masdan, ang bagay na ito ay ibibigay sa iyo bilang isang palatandaan, na matapos mong mamasdan ang punungkahoy na namumunga ng bungang natikman ng iyong ama, mamamasdan mo rin ang isang lalaking bumababa mula sa langit, at makikita mo siya; at matapos mong makita siya ay patototohanan mo na siya ang Anak ng Diyos.
- 8 At ito ay nangyari na, na sinabi sa akin ng Espiritu: Tingnan! At tumingin ako at namasdan ang punungkahoy; at ito ay nahahalintulad sa punungkahoy na nakita ng aking ama; at ubod ito ng ganda, oo, higit sa lahat ng kagandahan; at ang kaputian nito ay higit pa sa kaputian ng niyebe.
- 9 At ito ay nangyari na, na matapos kong makita ang punungkahoy, sinabi ko sa Espiritu: Namasdan kong ipinakita mo sa akin ang punungkahoy na pinakamahalaga sa lahat.
- 10 At sinabi niya sa akin: Ano ang ninanais mo?

## 1 Nephi 11

For it came to pass after I had desired to know the things that my father had seen, and believing that the Lord was able to make them known unto me, as I sat pondering in mine heart I was caught away in the Spirit of the Lord, yea, into an exceedingly high mountain, which I never had before seen, and upon which I never had before set my foot.

And the Spirit said unto me: Behold, what desirest thou?

And I said: I desire to behold the things which my father saw.

And the Spirit said unto me: Believest thou that thy father saw the tree of which he hath spoken?

And I said: Yea, thou knowest that I believe all the words of my father.

And when I had spoken these words, the Spirit cried with a loud voice, saying: Hosanna to the Lord, the most high God; for he is God over all the earth, yea, even above all. And blessed art thou, Nephi, because thou believest in the Son of the most high God; wherefore, thou shalt behold the things which thou hast desired.

And behold this thing shall be given unto thee for a sign, that after thou hast beheld the tree which bore the fruit which thy father tasted, thou shalt also behold a man descending out of heaven, and him shall ye witness; and after ye have witnessed him ye shall bear record that it is the Son of God.

And it came to pass that the Spirit said unto me: Look! And I looked and beheld a tree; and it was like unto the tree which my father had seen; and the beauty thereof was far beyond, yea, exceeding of all beauty; and the whiteness thereof did exceed the whiteness of the driven snow.

And it came to pass after I had seen the tree, I said unto the Spirit: I behold thou hast shown unto me the tree which is precious above all.

And he said unto me: What desirest thou?

11 At sinabi ko sa kanya: Ang malaman ang kahulugan nito—sapagkat nakipag-usap ako sa kanya tulad ng pakikipag-usap sa isang tao; sapagkat namasdan ko na siya ay nasa anyo ng isang tao; subalit gayon pa man, alam ko na ito ang Espiritu ng Panginoon; at nakipag-usap siya sa akin tulad ng pakikipag-usap ng isang tao sa iba.

12 At ito ay nangyari na, na sinabi niya sa akin: Tingnan! At tumingin ako na sa wari ay titingin sa kanya, at hindi ko siya nakita; sapagkat lumisan siya mula sa aking harapan.

13 At ito ay nangyari na, na tumingin ako at namasdan ang dakilang lunsod ng Jerusalem, at iba pang mga lunsod. At namasdan ko ang lunsod ng Nazaret; at sa lunsod ng Nazaret ay namasdan ko ang isang birhen, at siya ay napakaganda at napakaputi.

14 At ito ay nangyari na, na nakita kong bumukas ang kalangitan; at isang anghel ang bumaba at tumayo sa aking harapan; at sinabi niya sa akin: Nephi, ano ang namamasdan mo?

15 At sinabi ko sa kanya: Isang birhen, pinakamaganda at kaakit-akit sa lahat ng iba pang birhen.

16 At sinabi niya sa akin: Nalalaman mo ba ang pagpapakababa ng Diyos?

17 At sinabi ko sa kanya: Alam kong mahal niya ang kanyang mga anak; gayon pa man, hindi ko nalalaman ang ibig sabihin ng lahat ng bagay.

18 At sinabi niya sa akin: Masdan, ang birheng iyong nakikita ang ina ng Anak ng Diyos, ayon sa laman.

19 At ito ay nangyari na, na namasdan ko na siya ay natangay sa Espiritu; at matapos siyang matangay sa Espiritu ng ilang panahon, nangusap sa akin ang anghel, sinasabing: Tingnan!

20 At tumingin ako at namasdang muli ang birhen, may dalang isang bata sa kanyang mga bisig.

21 At sinabi sa akin ng anghel: Masdan ang Kordero ng Diyos, oo, maging ang Anak ng Walang Hanggang Ama! Nalalaman mo na ba ang kahulugan ng punungkahoy na nakita ng iyong ama?

And I said unto him: To know the interpretation thereof—for I spake unto him as a man speaketh; for I beheld that he was in the form of a man; yet nevertheless, I knew that it was the Spirit of the Lord; and he spake unto me as a man speaketh with another.

And it came to pass that he said unto me: Look! And I looked as if to look upon him, and I saw him not; for he had gone from before my presence.

And it came to pass that I looked and beheld the great city of Jerusalem, and also other cities. And I beheld the city of Nazareth; and in the city of Nazareth I beheld a virgin, and she was exceedingly fair and white.

And it came to pass that I saw the heavens open; and an angel came down and stood before me; and he said unto me: Nephi, what beholdest thou?

And I said unto him: A virgin, most beautiful and fair above all other virgins.

And he said unto me: Knowest thou the condescension of God?

And I said unto him: I know that he loveth his children; nevertheless, I do not know the meaning of all things.

And he said unto me: Behold, the virgin whom thou seest is the mother of the Son of God, after the manner of the flesh.

And it came to pass that I beheld that she was carried away in the Spirit; and after she had been carried away in the Spirit for the space of a time the angel spake unto me, saying: Look!

And I looked and beheld the virgin again, bearing a child in her arms.

And the angel said unto me: Behold the Lamb of God, yea, even the Son of the Eternal Father! Knowest thou the meaning of the tree which thy father saw?

22 At tinugon ko siya, sinasabing: Oo, ito ang pag-  
ibig ng Diyos, na laganap sa mga puso ng mga anak  
ng tao; anupa't ito ang pinakakanais-nais sa lahat ng  
bagay.

23 At nangusap siya sa akin, sinasabing: Oo, at ang  
labis na nakalulugod sa kaluluwa.

24 At matapos niyang sabihin ang mga salitang ito,  
sinabi niya sa akin: Tingnan! At tumingin ako, at  
namasdan ko ang Anak ng Diyos na nakikisalamuha  
sa mga anak ng tao; at nakita kong marami ang  
nangaluhod sa kanyang paanan at sinamba siya.

25 At ito ay nangyari na, na namasdan ko na ang  
gabay na bakal, na nakita ng aking ama, ay salita ng  
Diyos, na nagbibigay-daan patungo sa bukal ng mga  
buhay na tubig, o sa punungkahoy ng buhay; kung  
aling mga tubig ay sumasagisag sa pag-ibig ng Diyos;  
at namasdan ko rin na ang punungkahoy ng buhay  
ay sumasagisag sa pag-ibig ng Diyos.

26 At muling sinabi sa akin ng anghel: Tingnan at  
masdan ang pagpapakababa ng Diyos!

27 At tumingin ako at namasdan ang Manunubos ng  
sanlibutan, na siyang sinabi ng aking ama; at  
namasdan ko rin ang propetang maghahanda ng  
daan para sa kanya. At ang Kordero ng Diyos ay  
humayo at nagpabinyag sa kanya; at matapos siyang  
mabinyagan, namasdan kong bumukas ang  
kalangitan, at bumaba na tulad sa isang kalapati ang  
Espiritu Santo mula sa langit at tumahan sa kanya.

28 At namasdan kong humayo siyang nangangaral sa  
mga tao, sa kapangyarihan at dakilang  
kaluwalhatian; at sama-samang nagtipon ang  
maraming tao upang marinig siya; at namasdan  
kong ipinagtabuyan siya mula sa kanila.

29 At namasdan ko rin ang iba pang labindalawa na  
sumusunod sa kanya. At ito ay nangyari na, na sila ay  
natangay sa Espiritu mula sa aking harapan, at hindi  
ko na sila nakita.

30 At ito ay nangyari na, na muling nangusap sa akin  
ang anghel, sinasabing: Tingnan! At tumingin ako,  
at namasdan ko na muling bumukas ang kalangitan,  
at nakita kong bumababa ang mga anghel sa mga  
anak ng tao; at sila ay naglingkod sa kanila.

And I answered him, saying: Yea, it is the love of  
God, which sheddeth itself abroad in the hearts of  
the children of men; wherefore, it is the most desir-  
able above all things.

And he spake unto me, saying: Yea, and the most  
joyous to the soul.

And after he had said these words, he said unto  
me: Look! And I looked, and I beheld the Son of God  
going forth among the children of men; and I saw  
many fall down at his feet and worship him.

And it came to pass that I beheld that the rod of  
iron, which my father had seen, was the word of  
God, which led to the fountain of living waters, or to  
the tree of life; which waters are a representation of  
the love of God; and I also beheld that the tree of life  
was a representation of the love of God.

And the angel said unto me again: Look and be-  
hold the condescension of God!

And I looked and beheld the Redeemer of the  
world, of whom my father had spoken; and I also be-  
held the prophet who should prepare the way before  
him. And the Lamb of God went forth and was bap-  
tized of him; and after he was baptized, I beheld the  
heavens open, and the Holy Ghost come down out of  
heaven and abide upon him in the form of a dove.

And I beheld that he went forth ministering unto  
the people, in power and great glory; and the multi-  
tudes were gathered together to hear him; and I be-  
held that they cast him out from among them.

And I also beheld twelve others following him.  
And it came to pass that they were carried away in  
the Spirit from before my face, and I saw them not.

And it came to pass that the angel spake unto me  
again, saying: Look! And I looked, and I beheld the  
heavens open again, and I saw angels descending  
upon the children of men; and they did minister  
unto them.

- 31 At muli siyang nangusap sa akin, sinasabing: Tingnan! At tumingin ako, at namasdan ko ang Kordero ng Diyos na nakikisalamuha sa mga anak ng tao. At namasdan ko ang maraming tao na may karamdaman, at yaong mga naghihirap sa lahat ng uri ng sakit, at nasasapian ng mga diyablo at masasamang espiritu; at nangusap ang anghel at ipinakita ang lahat ng bagay na ito sa akin. At pinagaling sila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kordero ng Diyos; at pinalayas ang mga diyablo at ang masasamang espiritu.
- 32 At ito ay nangyari na, na muling nangusap sa akin ang anghel, sinasabing: Tingnan! At tumingin ako at namasdan ang Kordero ng Diyos, na dinakip siya ng mga tao; oo, ang Anak ng Diyos na walang hanggan ay hinatulan ng sanlibutan; at nakita ko ito at pinatotohanan.
- 33 At ako, si Nephi, ay nakitang itinaas siya sa krus at pinatay para sa mga kasalanan ng sanlibutan.
- 34 At matapos siyang patayin ay nakita ko ang maraming tao ng mundo, na sama-samang nagtipon sila upang kalabanin ang mga apostol ng Kordero; sapagkat sa gayon tinawag ng anghel ng Panginoon ang labindalawa.
- 35 At sama-samang nagtipon ang maraming tao ng mundo; at namasdan ko na sila ay nasa malaki at maluwanag na gusali, tulad ng gusaling nakita ng aking ama. At muling nangusap ang anghel ng Panginoon sa akin, sinasabing: Masdan ang sanlibutan at ang karunungan nito; oo, masdan ang sambahayan ni Israel na sama-samang nagtipon upang kalabanin ang labindalawang apostol ng Kordero.
- 36 At ito ay nangyari na, na nakita ko at pinatotohanan, na ang malaki at maluwanag na gusali ang kapalaluan ng sanlibutan; at bumagsak ito, at ang pagkakabagsak nito ay napakalakas. At muling nangusap ang anghel ng Panginoon sa akin, sinasabing: Gayon ang magiging pagkawasak ng lahat ng bansa, lahi, wika, at tao, na kakalaban sa labindalawang apostol ng Kordero.

And he spake unto me again, saying: Look! And I looked, and I beheld the Lamb of God going forth among the children of men. And I beheld multitudes of people who were sick, and who were afflicted with all manner of diseases, and with devils and unclean spirits; and the angel spake and showed all these things unto me. And they were healed by the power of the Lamb of God; and the devils and the unclean spirits were cast out.

And it came to pass that the angel spake unto me again, saying: Look! And I looked and beheld the Lamb of God, that he was taken by the people; yea, the Son of the everlasting God was judged of the world; and I saw and bear record.

And I, Nephi, saw that he was lifted up upon the cross and slain for the sins of the world.

And after he was slain I saw the multitudes of the earth, that they were gathered together to fight against the apostles of the Lamb; for thus were the twelve called by the angel of the Lord.

And the multitude of the earth was gathered together; and I beheld that they were in a large and spacious building, like unto the building which my father saw. And the angel of the Lord spake unto me again, saying: Behold the world and the wisdom thereof; yea, behold the house of Israel hath gathered together to fight against the twelve apostles of the Lamb.

And it came to pass that I saw and bear record, that the great and spacious building was the pride of the world; and it fell, and the fall thereof was exceedingly great. And the angel of the Lord spake unto me again, saying: Thus shall be the destruction of all nations, kindreds, tongues, and people, that shall fight against the twelve apostles of the Lamb.

## 1 Nephi 12

- 1 At ito ay nangyari na, na sinabi sa akin ng anghel: Tingnan, at masdan ang iyong mga binhi, at gayon din ang mga binhi ng iyong mga kapatid. At tumingin ako at namasdan ang lupang pangako; at nakamalas ako ng maraming tao, oo, maging ito ay kasindami ng buhangin sa dagat.
- 2 At ito ay nangyari na, na namasdan kong samasamang nagtipon ang maraming tao upang makidigma, ang isa laban sa isa; at nakamalas ako ng mga digmaan, at alingawngaw ng mga digmaan, at malawakang pagkakatay sa pamamagitan ng espada sa aking mga tao.
- 3 At ito ay nangyari na, na namasdan kong lumipas ang maraming salinlahi, ayon sa mga digmaan at alitan sa lupain; at namasdan ko ang maraming lunsod, oo, maging hindi ko na mabilang ang mga yaon.
- 4 At ito ay nangyari na, na nakakita ako ng abu-abo ng kadiliman sa ibabaw ng lupang pangako; at nakakita ako ng mga pagkidlat, at nakarinig ako ng mga pagkulong, at paglindol, at lahat ng uri ng malalakas na ingay; at nakita ko ang lupa at ang mga naglalakihang bato, na nabiyak ang mga yaon; at nakita ko ang mga bundok na nangaguho at nagkapira-pirasos; at nakita ko ang mga kapatagan ng lupa, na nagbitakan ang mga yaon, at nakita ko ang maraming lunsod na nagsilubog ang mga yaon; at nakita ko ang marami na ang mga yaon ay nangasunog ng apoy; at marami akong nakitang nangagbuwalan sa lupa, dahil sa mga pagyanig nito.
- 5 At ito ay nangyari na, na matapos kong makita ang mga bagay na ito, nakita ko ang ulap ng kadiliman, na ito ay nawala sa balat ng lupa; at masdan, nakita ko ang maraming tao na hindi nalipol dahil sa dakila at kakila-kilabot na paghuhukom ng Panginoon.
- 6 At nakita kong bumukas ang kalangitan, at ang Kordero ng Diyos na bumababa mula sa langit; at bumaba siya at ipinakita ang kanyang sarili sa kanila.
- 7 At nakita ko rin at pinatototohanan na ang Espiritu Santo ay napasalabindalawang iba pa; at sila ay inordenan ng Diyos, at pinili.

## 1 Nephi 12

And it came to pass that the angel said unto me: Look, and behold thy seed, and also the seed of thy brethren. And I looked and beheld the land of promise; and I beheld multitudes of people, yea, even as it were in number as many as the sand of the sea.

And it came to pass that I beheld multitudes gathered together to battle, one against the other; and I beheld wars, and rumors of wars, and great slaughters with the sword among my people.

And it came to pass that I beheld many generations pass away, after the manner of wars and contentions in the land; and I beheld many cities, yea, even that I did not number them.

And it came to pass that I saw a mist of darkness on the face of the land of promise; and I saw lightnings, and I heard thunderings, and earthquakes, and all manner of tumultuous noises; and I saw the earth and the rocks, that they rent; and I saw mountains tumbling into pieces; and I saw the plains of the earth, that they were broken up; and I saw many cities that they were sunk; and I saw many that they were burned with fire; and I saw many that did tumble to the earth, because of the quaking thereof.

And it came to pass after I saw these things, I saw the vapor of darkness, that it passed from off the face of the earth; and behold, I saw multitudes who had not fallen because of the great and terrible judgments of the Lord.

And I saw the heavens open, and the Lamb of God descending out of heaven; and he came down and showed himself unto them.

And I also saw and bear record that the Holy Ghost fell upon twelve others; and they were ordained of God, and chosen.

- 8 At nangusap ang anghel sa akin, sinasabing: Masdan ang labindalawang disipulo ng Kordero, yaong mga piniling maglingkod sa iyong mga binhi.
- 9 At sinabi niya sa akin: Naaalaala mo pa ba ang labindalawang apostol ng Kordero? Masdan, sila ang mga yaong hahatol sa labindalawang lipi ng Israel; anupa't ang labindalawang tagapaglingkod sa iyong mga binhi ay hahatulan nila; sapagkat kayo ay kabilang sa sambahayan ni Israel.
- 10 At ang labindalawang tagapaglingkod na iyong namamasdan ang siyang hahatol sa iyong mga binhi. At, masdan, sila ay mabubuti magpakailanman; sapagkat dahil sa kanilang pananampalataya sa Kordero ng Diyos ang kanilang mga kasuotan ay ginawang puti ng kanyang dugo.
- 11 At sinabi sa akin ng anghel: Tingnan! At ako ay tumingin, at namasdan na tatlong salinlahi ang pumanaw sa kabutihan; at ang kanilang mga kasuotan ay puti maging tulad ng sa Kordero ng Diyos. At sinabi sa akin ng anghel: Ang mga ito ay ginawang puti sa pamamagitan ng dugo ng Kordero, dahil sa kanilang pananampalataya sa kanya.
- 12 At ako, si Nephi, ay nakita rin na marami sa ikaapat na salinlahi ang pumanaw sa kabutihan.
- 13 At ito ay nangyari na, na nakita ko ang maraming tao ng mundo na sama-samang nagtipon.
- 14 At sinabi ng anghel sa akin: Masdan ang iyong mga binhi, at gayon din ang mga binhi ng iyong mga kapatid.
- 15 At ito ay nangyari na, na ako ay tumingin at namasdan ang mga tao ng aking mga binhi na sama-samang nagtipon sa maraming pangkat laban sa mga binhi ng aking mga kapatid; at sila ay sama-samang nagtipon upang makidigma.
- 16 At nangusap ang anghel sa akin, sinasabing: Masdan ang bukal ng maruming tubig na nakita ng iyong ama; oo, maging ang ilog na kanyang sinabi; at ang kailaliman nito ay kailaliman ng impiyerno.
- 17 At ang abu-abo ng kadiliman ay mga tukso ng diyablo, na bumubulag sa mga mata, at nagpapatigas sa mga puso ng mga anak ng tao, na umaakay sa kanila palayo patungo sa maluluwang na lansangan, kaya sila nasasawi at naliligaw.

And the angel spake unto me, saying: Behold the twelve disciples of the Lamb, who are chosen to minister unto thy seed.

And he said unto me: Thou rememberest the twelve apostles of the Lamb? Behold they are they who shall judge the twelve tribes of Israel; wherefore, the twelve ministers of thy seed shall be judged of them; for ye are of the house of Israel.

And these twelve ministers whom thou beholdest shall judge thy seed. And, behold, they are righteous forever; for because of their faith in the Lamb of God their garments are made white in his blood.

And the angel said unto me: Look! And I looked, and beheld three generations pass away in righteousness; and their garments were white even like unto the Lamb of God. And the angel said unto me: These are made white in the blood of the Lamb, because of their faith in him.

And I, Nephi, also saw many of the fourth generation who passed away in righteousness.

And it came to pass that I saw the multitudes of the earth gathered together.

And the angel said unto me: Behold thy seed, and also the seed of thy brethren.

And it came to pass that I looked and beheld the people of my seed gathered together in multitudes against the seed of my brethren; and they were gathered together to battle.

And the angel spake unto me, saying: Behold the fountain of filthy water which thy father saw; yea, even the river of which he spake; and the depths thereof are the depths of hell.

And the mists of darkness are the temptations of the devil, which blindeth the eyes, and hardeneth the hearts of the children of men, and leadeth them away into broad roads, that they perish and are lost.

18 At ang malaki at maluwang na gusali, na nakita ng iyong ama, ay mga walang kabuluhang guni-guni at ang kapalaluan ng mga anak ng tao. At isang malalim at kakila-kilabot na look ang naghihiwalay sa kanila; oo, maging ang salita ng katarungan ng Diyos na Walang Hanggan, at ang Mesiyas na Kordero ng Diyos, na pinatotohanan ng Espiritu Santo, mula pa sa simula ng daigdig hanggang sa panahong ito, at mula sa panahong ito at magpakailanman.

19 At habang sinasabi ng anghel ang mga salitang ito, namasdan ko at nakita na ang mga binhi ng aking mga kapatid ay nakipaglaban sa aking mga binhi, alinsunod sa salita ng anghel; at dahil sa kapalaluan ng aking mga binhi, at sa mga tukso ng diyablo, namasdan kong nadaig ng mga binhi ng aking mga kapatid ang mga tao ng aking mga binhi.

20 At ito ay nangyari na, na namasdan ko, at nakita na ang mga tao ng mga binhi ng aking mga kapatid ay nadaig ang aking mga binhi; at maramihan silang kumalat sa ibabaw ng lupain.

21 At nakita ko silang sama-samang nagtipon sa maraming tao; at nakita ko ang mga digmaan at alingawngaw ng mga digmaan sa kanila; at sa mga digmaan at alingawngaw ng mga digmaan ay nakita ko ang paglipas ng maraming salinlahi.

22 At sinabi sa akin ng anghel: Masdan, sila ay manghihina sa kawalang-paniniwala.

23 At ito ay nangyari na, na aking namasdan, na matapos silang manghina sa kawalang-paniniwala sila ay naging maiitim, at karima-rimarim, at maruruming tao, puno ng katamaran at lahat ng uri ng karumal-dumal na gawain.

And the large and spacious building, which thy father saw, is vain imaginations and the pride of the children of men. And a great and a terrible gulf divideth them; yea, even the word of the justice of the Eternal God, and the Messiah who is the Lamb of God, of whom the Holy Ghost beareth record, from the beginning of the world until this time, and from this time henceforth and forever.

And while the angel spake these words, I beheld and saw that the seed of my brethren did contend against my seed, according to the word of the angel; and because of the pride of my seed, and the temptations of the devil, I beheld that the seed of my brethren did overpower the people of my seed.

And it came to pass that I beheld, and saw the people of the seed of my brethren that they had overcome my seed; and they went forth in multitudes upon the face of the land.

And I saw them gathered together in multitudes; and I saw wars and rumors of wars among them; and in wars and rumors of wars I saw many generations pass away.

And the angel said unto me: Behold these shall dwindle in unbelief.

And it came to pass that I beheld, after they had dwindled in unbelief they became a dark, and loathsome, and a filthy people, full of idleness and all manner of abominations.



## 1 Nephi 13

- 1 At ito ay nangyari na, na nangusap ang anghel sa akin, sinasabing: Tingnan! At tumingin ako at namasdan ang maraming bansa at kaharian.
- 2 At sinabi ng anghel sa akin: Ano ang namamasdan mo? At aking sinabi: Namamasdan ko ang maraming bansa at kaharian.
- 3 At sinabi niya sa akin: Ito ang mga bansa at kaharian ng mga Gentil.
- 4 At ito ay nangyari na, na nakita ko sa mga bansa ng mga Gentil ang pagbubuo ng isang makapangyarihang simbahan.
- 5 At sinabi ng anghel sa akin: Masdan ang pagbubuo ng isang simbahan na pinakakarumal-dumal sa lahat ng ibang simbahan, na pumapatay sa mga banal ng Diyos, oo, at nagpapahirap sa kanila at nanggagapos sa kanila, at siningkawan sila ng singkaw na bakal, at hinihila sila tungo sa pagkabihag.
- 6 At ito ay nangyari na, na namasdan ko itong makapangyarihan at karumal-dumal na simbahan; at nakita ko ang diyablo na siya ang nagtatag nito.
- 7 At nakakita rin ako ng ginto, at pilak, at mga sutla, at matitingkad na pula, at maiinam na hinabing lino, at lahat ng uri ng mamahaling kasuotan; at nakakita ako ng maraming patutot.
- 8 At nangusap ang anghel sa akin, sinasabing: Masdan, ang ginto, at ang pilak, at ang mga sutla, at ang matitingkad na pula, at ang maiinam na hinabing lino, at ang mamahaling kasuotan, at ang mga patutot, ang mga naisin ng makapangyarihan at karumal-dumal na simbahang ito.
- 9 At dahil din sa papuri ng sanlibutan ay kanilang nililipol ang mga banal ng Diyos, at hinihila sila tungo sa pagkabihag.
- 10 At ito ay nangyari na, na tumingin ako at namasdan ang maraming tubig; at hinahati nito ang mga Gentil mula sa mga binhi ng aking mga kapatid.
- 11 At ito ay nangyari na, na sinabi sa akin ng anghel: Masdan, ang poot ng Diyos ay napasa mga binhi ng iyong mga kapatid.

## 1 Nephi 13

And it came to pass that the angel spake unto me, saying: Look! And I looked and beheld many nations and kingdoms.

And the angel said unto me: What beholdest thou? And I said: I behold many nations and kingdoms.

And he said unto me: These are the nations and kingdoms of the Gentiles.

And it came to pass that I saw among the nations of the Gentiles the formation of a great church.

And the angel said unto me: Behold the formation of a church which is most abominable above all other churches, which slayeth the saints of God, yea, and tortureth them and bindeth them down, and yoketh them with a yoke of iron, and bringeth them down into captivity.

And it came to pass that I beheld this great and abominable church; and I saw the devil that he was the founder of it.

And I also saw gold, and silver, and silks, and scarlets, and fine-twined linen, and all manner of precious clothing; and I saw many harlots.

And the angel spake unto me, saying: Behold the gold, and the silver, and the silks, and the scarlets, and the fine-twined linen, and the precious clothing, and the harlots, are the desires of this great and abominable church.

And also for the praise of the world do they destroy the saints of God, and bring them down into captivity.

And it came to pass that I looked and beheld many waters; and they divided the Gentiles from the seed of my brethren.

And it came to pass that the angel said unto me: Behold the wrath of God is upon the seed of thy brethren.

- 12 At tumingin ako at namasdan ang isang lalaki sa mga Gentil, na nahihwalay mula sa mga binhi ng aking mga kapatid ng maraming tubig; at namasdan ko ang Espiritu ng Diyos, na ito ay bumaba at binunsuran ang lalaki; at naglayag siya sa maraming tubig, maging hanggang sa makarating sa mga binhi ng aking mga kapatid, na nasa lupang pangako.
- 13 At ito ay nangyari na, na namasdan ko ang Espiritu ng Diyos, na ito ay nagbunsod sa iba pang mga Gentil; at sila ay tumakas mula sa pagkabihag, sa maraming tubig.
- 14 At ito ay nangyari na, na namasdan ko ang napakaraming tao ng mga Gentil sa lupang pangako; at namasdan ko ang poot ng Diyos, na ito ay napasa mga binhi ng aking mga kapatid; at nakalat sila sa harapan ng mga Gentil at binagabag.
- 15 At namasdan ko ang Espiritu ng Panginoon, na ito ay napasa mga Gentil, at sila ay umunlad at natamo nila ang lupain bilang kanilang mana; at namasdan ko na sila ay mapuputi, at labis na kaakit-akit at magaganda, tulad ng aking mga tao bago sila napatay.
- 16 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay namasdan na ang mga Gentil na nagsitakas sa pagkabihag ay nagpakumbaba ng kanilang sarili sa harapan ng Panginoon; at ang kapangyarihan ng Panginoon ay napasakanila.
- 17 At namasdan kong sama-samang nagtipon sa mga tubig ang kanilang mga inang Gentil, at gayon din sa lupain, upang makidigma sa kanila.
- 18 At namasdan ko na ang kapangyarihan ng Diyos ay nasa kanila, at gayon din na ang poot ng Diyos ay napasa mga yaong sama-samang nagtipon upang makidigma laban sa kanila.
- 19 At ako, si Nephi, ay namasdan na ang mga Gentil na nagsitakas mula sa pagkabihag ay naligtas mula sa mga kamay ng mga ibang bansa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos.
- 20 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay namasdan na sila ay umunlad sa lupain; at namasdan ko ang isang aklat, at ito ay dala-dala nila.
- 21 At sinabi sa akin ng anghel: Nalalaman mo ba ang kahulugan ng aklat?
- 22 At sinabi ko sa kanya: Hindi ko alam.

And I looked and beheld a man among the Gentiles, who was separated from the seed of my brethren by the many waters; and I beheld the Spirit of God, that it came down and wrought upon the man; and he went forth upon the many waters, even unto the seed of my brethren, who were in the promised land.

And it came to pass that I beheld the Spirit of God, that it wrought upon other Gentiles; and they went forth out of captivity, upon the many waters.

And it came to pass that I beheld many multitudes of the Gentiles upon the land of promise; and I beheld the wrath of God, that it was upon the seed of my brethren; and they were scattered before the Gentiles and were smitten.

And I beheld the Spirit of the Lord, that it was upon the Gentiles, and they did prosper and obtain the land for their inheritance; and I beheld that they were white, and exceedingly fair and beautiful, like unto my people before they were slain.

And it came to pass that I, Nephi, beheld that the Gentiles who had gone forth out of captivity did humble themselves before the Lord; and the power of the Lord was with them.

And I beheld that their mother Gentiles were gathered together upon the waters, and upon the land also, to battle against them.

And I beheld that the power of God was with them, and also that the wrath of God was upon all those that were gathered together against them to battle.

And I, Nephi, beheld that the Gentiles that had gone out of captivity were delivered by the power of God out of the hands of all other nations.

And it came to pass that I, Nephi, beheld that they did prosper in the land; and I beheld a book, and it was carried forth among them.

And the angel said unto me: Knowest thou the meaning of the book?

And I said unto him: I know not.

- 23 At sinabi niya: Masdan, nagmula ito sa bibig ng isang Judio. At ako, si Nephi, ay namasdan ito; at sinabi niya sa akin: Ang aklat na iyong namamasdan ay isang talaan ng mga Judio, na naglalaman ng mga tipan ng Panginoon, na kanyang ginawa sa sambahayan ni Israel; at naglalaman din ito ng marami sa mga propesiya ng mga banal na propeta; at nahahalintulad ang mga ito sa mga nakaukit sa mga laminang tanso, yaon nga lamang ay hindi gaanong marami; gayon pa man, naglalaman ang mga yaon ng mga tipan ng Panginoon, na kanyang ginawa sa sambahayan ni Israel; anupa't, labis na mahalaga ang mga ito sa mga Gentil.
- 24 At sinabi ng anghel ng Panginoon sa akin: Namasdan mong nagmula ang aklat sa bibig ng isang Judio; at nang ito ay nagmula sa bibig ng isang Judio ito ay naglalaman ng kabuuan ng ebanghelyo ng Panginoon, na pinatotohanan ng labindalawang apostol; at nagpapatotoo sila alinsunod sa katotohanan na nasa Kordero ng Diyos.
- 25 Dahil dito, lumabas ang mga ito mula sa mga Judio sa kadalisan patungo sa mga Gentil, alinsunod sa katotohanan na nasa Diyos.
- 26 At matapos lumabas ang mga ito sa pamamagitan ng mga kamay ng labindalawang apostol ng Kordero, mula sa mga Judio patungo sa mga Gentil, nakita mo ang pagbubuo ng yaong makapangyarihan at karumal-dumal na simbahan, na pinakakarumal-dumal sa lahat ng iba pang simbahan, sapagkat masdan, inalis nila mula sa ebanghelyo ng Kordero ang maraming bahagi na malinaw at pinakamahalaga; at inalis din nila ang marami sa mga tipan ng Panginoon.
- 27 At ang lahat ng ito ay ginawa nila upang mailigaw nila ang mga tamang landas ng Panginoon, upang mabulag nila ang mga mata at mapatigas ang mga puso ng mga anak ng tao.
- 28 Samakatwid, nakita mong matapos lumabas ang aklat mula sa kamay ng makapangyarihan at karumal-dumal na simbahan, na maraming malinaw at mahahalagang bagay ang nawala sa aklat, na aklat ng Kordero ng Diyos.

And he said: Behold it proceedeth out of the mouth of a Jew. And I, Nephi, beheld it; and he said unto me: The book that thou beholdest is a record of the Jews, which contains the covenants of the Lord, which he hath made unto the house of Israel; and it also containeth many of the prophecies of the holy prophets; and it is a record like unto the engravings which are upon the plates of brass, save there are not so many; nevertheless, they contain the covenants of the Lord, which he hath made unto the house of Israel; wherefore, they are of great worth unto the Gentiles.

And the angel of the Lord said unto me: Thou hast beheld that the book proceeded forth from the mouth of a Jew; and when it proceeded forth from the mouth of a Jew it contained the fulness of the gospel of the Lord, of whom the twelve apostles bear record; and they bear record according to the truth which is in the Lamb of God.

Wherefore, these things go forth from the Jews in purity unto the Gentiles, according to the truth which is in God.

And after they go forth by the hand of the twelve apostles of the Lamb, from the Jews unto the Gentiles, thou seest the formation of that great and abominable church, which is most abominable above all other churches; for behold, they have taken away from the gospel of the Lamb many parts which are plain and most precious; and also many covenants of the Lord have they taken away.

And all this have they done that they might pervert the right ways of the Lord, that they might blind the eyes and harden the hearts of the children of men.

Wherefore, thou seest that after the book hath gone forth through the hands of the great and abominable church, that there are many plain and precious things taken away from the book, which is the book of the Lamb of God.

29 At matapos mawala ang malilinaW at mahahalagang bagay na ito ay kumalat ito sa lahat ng bansa ng mga Gentil; at matapos itong kumalat sa lahat ng bansa ng mga Gentil, oo, maging sa kabila ng maraming tubig na nakita mo sa mga Gentil na nagsitakas sa pagkabihag, nakita mo—dahil sa dami ng malilinaW at mahahalagang bagay na nawala mula sa aklat, na malinaW sa pang-unawa ng mga anak ng tao, alinsunod sa kalinawan na nasa Kordero ng Diyos—dahil sa mga bagay na ito na inalis mula sa ebanghelyo ng Kordero, lubhang marami ang nangagkatisod, oo, kung kaya nga't nagkaroon ng malaking kapangyarihan si Satanas sa kanila.

30 Gayon pa man, namamasdan mo na ang mga Gentil na nagsitakas sa pagkabihag, at pinahalagahan sa lahat ng iba pang bansa ng kapangyarihan ng Diyos, sa ibabaw ng lupaing pinili sa lahat ng iba pang lupain, na lupaing tinipan ng Panginoong Diyos sa iyong ama na tatanggapin ng kanyang mga binhi bilang kanilang lupaing mana; samakatwid, nakita mong hindi pahihintulutan ng Panginoong Diyos na lubusang malipol ng mga Gentil ang pagkakahalo ng iyong mga binhi, na nasa inyong mga kapatid.

31 Ni hindi niya pahihintulutang lipulin ng mga Gentil ang mga binhi ng iyong mga kapatid.

32 Ni hindi pahihintulutan ng Panginoong Diyos na ang mga Gentil ay manatili magpakailanman sa kakila-kilabot na kalagayan ng pagkabalag, na iyong napagmasdan na kanilang kinasadlakan, dahil sa malilinaW at pinakamahahalagang bahagi ng ebanghelyo ng Kordero na ipinagkait ng yaong karumal-dumal na simbahan, na ang pagkakabuo ay nakita mo.

33 Anupa't wika ng Kordero ng Diyos: Magiging maawain ako sa mga Gentil, sa pagpaparusa sa mga labi ng sambahayan ni Israel sa dakilang paghuhukom.

And after these plain and precious things were taken away it goeth forth unto all the nations of the Gentiles; and after it goeth forth unto all the nations of the Gentiles, yea, even across the many waters which thou hast seen with the Gentiles which have gone forth out of captivity, thou seest—because of the many plain and precious things which have been taken out of the book, which were plain unto the understanding of the children of men, according to the plainness which is in the Lamb of God—because of these things which are taken away out of the gospel of the Lamb, an exceedingly great many do stumble, yea, insomuch that Satan hath great power over them.

Nevertheless, thou beholdest that the Gentiles who have gone forth out of captivity, and have been lifted up by the power of God above all other nations, upon the face of the land which is choice above all other lands, which is the land that the Lord God hath covenanted with thy father that his seed should have for the land of their inheritance; wherefore, thou seest that the Lord God will not suffer that the Gentiles will utterly destroy the mixture of thy seed, which are among thy brethren.

Neither will he suffer that the Gentiles shall destroy the seed of thy brethren.

Neither will the Lord God suffer that the Gentiles shall forever remain in that awful state of blindness, which thou beholdest they are in, because of the plain and most precious parts of the gospel of the Lamb which have been kept back by that abominable church, whose formation thou hast seen.

Wherefore saith the Lamb of God: I will be merciful unto the Gentiles, unto the visiting of the remnant of the house of Israel in great judgment.

34 At ito ay nangyari na, na nangusap ang anghel ng Panginoon sa akin, sinasabing: Masdan, wika ng Kordero ng Diyos, matapos kong parusahan ang labi ng sambahayan ni Israel—at ang mga binhi ng iyong ama ang labing ito na aking tinutukoy—dahil dito, matapos ko silang parusahan sa paghuhukom, at bagabagin sila sa pamamagitan ng kamay ng mga Gentil, at matapos na lubhang mangatisod ang mga Gentil, dahil sa pinakamalilinaw at mahahalagang bahagi ng ebanghelyo ng Kordero na ipinagkait ng karumal-dumal na simbahang yaon, na siyang ina ng mga patutot, wika ng Kordero—Magiging maawain ako sa mga Gentil sa araw na yaon, kung kaya nga’t isisiwalat ko sa kanila, sa pamamagitan ng sarili kong kapangyarihan, ang karamihan ng aking ebanghelyo, na magiging malinaw at mahalaga, wika ng Kordero.

35 Sapagkat, masdan, wika ng Kordero: Ipakikita ko ang aking sarili sa iyong mga binhi, nang isulat nila ang maraming bagay na aking ipangangaral sa kanila, na magiging malinaw at mahalaga; at matapos na ang iyong mga binhi ay malipol, at manghina sa kawalang-paniniwala, at gayon din ang mga binhi ng iyong mga kapatid, masdan, ang mga bagay na ito ay itatago, upang lumabas sa mga Gentil, sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Kordero.

36 At sa mga ito masusulat ang aking ebanghelyo, wika ng Kordero, at ang aking bato, at ang aking kaligtasan.

37 At pagpapalain sila na mga maghahangad na maitatag ang aking Sion sa araw na yaon, sapagkat mapapasakanila ang kaloob at ang kapangyarihan ng Espiritu Santo; at kung sila ay makapagtitiis hanggang wakas sila ay dadakilain sa huling araw, at maliligtas sa walang hanggang kaharian ng Kordero; at kung sinuman ang maghahayag ng kapayapaan, oo, mga balita ng dakilang kagalakan, anong ganda nila sa ibabaw ng mga bundok.

38 At ito ay nangyari na, na namasdan ko ang mga labi ng mga binhi ng aking mga kapatid, at gayon din ang aklat ng Kordero ng Diyos, na nagmula sa bibig ng Judio, na ito ay lumabas mula sa mga Gentil patungo sa mga labi ng mga binhi ng aking mga kapatid.

And it came to pass that the angel of the Lord spake unto me, saying: Behold, saith the Lamb of God, after I have visited the remnant of the house of Israel—and this remnant of whom I speak is the seed of thy father—wherefore, after I have visited them in judgment, and smitten them by the hand of the Gentiles, and after the Gentiles do stumble exceedingly, because of the most plain and precious parts of the gospel of the Lamb which have been kept back by that abominable church, which is the mother of harlots, saith the Lamb—I will be merciful unto the Gentiles in that day, insomuch that I will bring forth unto them, in mine own power, much of my gospel, which shall be plain and precious, saith the Lamb.

For, behold, saith the Lamb: I will manifest myself unto thy seed, that they shall write many things which I shall minister unto them, which shall be plain and precious; and after thy seed shall be destroyed, and dwindle in unbelief, and also the seed of thy brethren, behold, these things shall be hid up, to come forth unto the Gentiles, by the gift and power of the Lamb.

And in them shall be written my gospel, saith the Lamb, and my rock and my salvation.

And blessed are they who shall seek to bring forth my Zion at that day, for they shall have the gift and the power of the Holy Ghost; and if they endure unto the end they shall be lifted up at the last day, and shall be saved in the everlasting kingdom of the Lamb; and whoso shall publish peace, yea, tidings of great joy, how beautiful upon the mountains shall they be.

And it came to pass that I beheld the remnant of the seed of my brethren, and also the book of the Lamb of God, which had proceeded forth from the mouth of the Jew, that it came forth from the Gentiles unto the remnant of the seed of my brethren.

- 39 At matapos nilang matanggap ito ay nakamalas ako ng iba pang mga aklat, na lumabas sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kordero, mula sa mga Gentil patungo sa kanila, sa ikahihikayat ng mga Gentil at ng labi ng mga binhi ng aking mga kapatid, at gayon din ng mga Judio na nakakalat sa lahat ng dako ng mundo, na ang mga talaan ng mga propeta at ng labindalawang apostol ng Kordero ay totoo.
- 40 At nangusap ang anghel sa akin, sinasabing: Ang mga huling talaang ito, na nakita mo sa mga Gentil, ang magppatibay sa katotohanan ng una, na nagmula sa labindalawang apostol ng Kordero, at ipaaalam ang malilinaw at mahahalagang bagay na inalis sa mga yaon; at ipaaalam sa lahat ng lahi, wika, at tao, na ang Kordero ng Diyos ang Anak ng Amang Walang Hanggan, at ang Tagapagligtas ng sanlibutan; at na ang lahat ng tao ay kinakailangang lumapit sa kanya, o sila ay hindi maaaring maligtas.
- 41 At sila ay kinakailangang lumapit alinsunod sa mga salitang pagtitibayin ng bibig ng Kordero; at ang mga salita ng Kordero ay ipaaalam sa mga talaan ng iyong mga binhi, gayon din sa mga talaan ng labindalawang apostol ng Kordero; anupa't kapwa ito pagtitibayin sa isa; sapagkat may isang Diyos at isang Pastol sa buong mundo.
- 42 At darating ang panahon na ipakikita niya ang sarili sa lahat ng bansa, kapwa sa mga Judio at gayon din sa mga Gentil; at matapos na maipakita niya ang sarili sa mga Judio at gayon din sa mga Gentil, pagkatapos ay ipakikita niya ang sarili sa mga Gentil at gayon din sa mga Judio, at ang huli ay mauuna, at ang una ay mahuhuli.

And after it had come forth unto them I beheld other books, which came forth by the power of the Lamb, from the Gentiles unto them, unto the convincing of the Gentiles and the remnant of the seed of my brethren, and also the Jews who were scattered upon all the face of the earth, that the records of the prophets and of the twelve apostles of the Lamb are true.

And the angel spake unto me, saying: These last records, which thou hast seen among the Gentiles, shall establish the truth of the first, which are of the twelve apostles of the Lamb, and shall make known the plain and precious things which have been taken away from them; and shall make known to all kindreds, tongues, and people, that the Lamb of God is the Son of the Eternal Father, and the Savior of the world; and that all men must come unto him, or they cannot be saved.

And they must come according to the words which shall be established by the mouth of the Lamb; and the words of the Lamb shall be made known in the records of thy seed, as well as in the records of the twelve apostles of the Lamb; wherefore they both shall be established in one; for there is one God and one Shepherd over all the earth.

And the time cometh that he shall manifest himself unto all nations, both unto the Jews and also unto the Gentiles; and after he has manifested himself unto the Jews and also unto the Gentiles, then he shall manifest himself unto the Gentiles and also unto the Jews, and the last shall be first, and the first shall be last.

## 1 Nephi 14

- 1 At ito ay mangyayari, na kung makikinig ang mga Gentil sa Kordero ng Diyos sa araw na yaon na ipakikilala niya ang sarili sa kanila sa salita, at gayon din sa kapangyarihan, sa bawat gawa, hanggang sa pag-aalis ng kanilang batong kinatitisan—
- 2 At hindi patitigasin ang kanilang mga puso laban sa Kordero ng Diyos, sila ay mabibilang sa mga binhi ng iyong ama; oo, sila ay mabibilang sa sambahayan ni Israel; at sila ay magiging mga pinagpalang tao sa lupang pangako magpakailanman; hindi na sila muling madadala pa sa pagkabihag; at ang sambahayan ni Israel ay hindi na muling malilito pa.
- 3 At ang yaong malalim na hukay, na hinukay para sa kanila ng yaong makapangyarihan at karumaldumal na simbahan, na itinatag ng diyablo at ng kanyang mga anak, upang maakay niya palayo ang mga kaluluwa ng tao pababa sa impiyerno—oo, yaong malalim na hukay na hinukay para sa pagkalipol ng tao ay mapupuno ng mga yaong humukay nito, tungo sa kanilang lubusang pagkalipol, wika ng Kordero ng Diyos; hindi ang pagkawak ng kaluluwa, maliban sa pagwawaksi nito sa yaong impiyernong walang katapusan.
- 4 Sapagkat masdan, ito ay alinsunod sa pagkabihag ng diyablo, at alinsunod din sa katarungan ng Diyos, sa lahat ng yaong gagawa ng kasamaan at karumaldumal na gawain sa kanyang harapan.
- 5 At ito ay nangyari na, na nangusap ang anghel sa akin, si Nephi, sinasabing: Namasdan mo na kung magsisisi ang mga Gentil ay makabubuti sa kanila; at nalalaman mo rin ang hinggil sa mga tipan ng Panginoon sa sambahayan ni Israel; at narinig mo rin na ang sinumang hindi magsisisi ay tiyak na masasawi.
- 6 Samakatwid, sa aba sa mga Gentil kung sakali mang patitigasin nila ang kanilang mga puso laban sa Kordero ng Diyos.

## 1 Nephi 14

And it shall come to pass, that if the Gentiles shall hearken unto the Lamb of God in that day that he shall manifest himself unto them in word, and also in power, in very deed, unto the taking away of their stumbling blocks—

And harden not their hearts against the Lamb of God, they shall be numbered among the seed of thy father; yea, they shall be numbered among the house of Israel; and they shall be a blessed people upon the promised land forever; they shall be no more brought down into captivity; and the house of Israel shall no more be confounded.

And that great pit, which hath been digged for them by that great and abominable church, which was founded by the devil and his children, that he might lead away the souls of men down to hell—yea, that great pit which hath been digged for the destruction of men shall be filled by those who digged it, unto their utter destruction, saith the Lamb of God; not the destruction of the soul, save it be the casting of it into that hell which hath no end.

For behold, this is according to the captivity of the devil, and also according to the justice of God, upon all those who will work wickedness and abomination before him.

And it came to pass that the angel spake unto me, Nephi, saying: Thou hast beheld that if the Gentiles repent it shall be well with them; and thou also knowest concerning the covenants of the Lord unto the house of Israel; and thou also hast heard that whoso repenteth not must perish.

Therefore, wo be unto the Gentiles if it so be that they harden their hearts against the Lamb of God.

- 7 Sapagkat darating ang panahon, wika ng Kordero ng Diyos, na gagawa ako ng dakila at kagila-gilalas na gawain sa mga anak ng tao; isang gawaing magiging walang hanggan, sa isang dako man o sa kabila—sa ikahihikayat man nila tungo sa kapayapaan at buhay na walang hanggan, o tungo sa pagpapaubaya sa kanila sa katigasan ng kanilang mga puso at sa kabulagan ng kanilang mga isip na magdadala sa kanila sa pagkabiha, at gayon din sa pagkawasak, kapwa temporal at espirituwal, alinsunod sa pagkabiha ng diyablo, na aking sinabi.
- 8 At ito ay nangyari na, nang sabihin ng anghel ang mga salitang ito, sinabi niya sa akin: Naaalaala mo ba ang mga tipan ng Ama sa sambahayan ni Israel? Sinabi ko sa kanya, Oo.
- 9 At ito ay nangyari na, na sinabi niya sa akin: Tingnan, at masdan ang makapangyarihan at karumal-dumal na simbahan, na ina ng mga karumal-dumal na gawain, na ang diyablo ang nagtatag.
- 10 At sinabi niya sa akin: Masdan, may dalawang simbahan lamang; ang isa ay simbahan ng Kordero ng Diyos, at ang isa naman ay simbahan ng diyablo; kaya nga, kung sinuman ang hindi nabibilang sa simbahan ng Kordero ng Diyos ay nabibilang sa yaong makapangyarihang simbahan, na ina ng mga karumal-dumal na gawain; at siya ang patutot ng buong mundo.
- 11 At ito ay nangyari na, na tumingin ako at namasdan ang patutot ng buong mundo, at nakaupo siya sa maraming tubig; at may kapangyarihan siya sa buong mundo, sa lahat ng bansa, lahi, wika, at tao.
- 12 At ito ay nangyari na, na namasdan ko ang simbahan ng Kordero ng Diyos, at ang bilang nito ay kakaunti, dahil sa mga kasamaan at karumal-dumal na gawain ng patutot na nakaupo sa maraming tubig; gayon pa man, namasdan ko na ang simbahan ng Kordero, na mga banal ng Diyos, ay nasa lahat din ng dako ng mundo; at ang kanilang nasasakupan sa mundo ay kakaunti, dahil sa kasamaan ng makapangyarihang patutot na nakita ko.

For the time cometh, saith the Lamb of God, that I will work a great and a marvelous work among the children of men; a work which shall be everlasting, either on the one hand or on the other—either to the convincing of them unto peace and life eternal, or unto the deliverance of them to the hardness of their hearts and the blindness of their minds unto their being brought down into captivity, and also into destruction, both temporally and spiritually, according to the captivity of the devil, of which I have spoken.

And it came to pass that when the angel had spoken these words, he said unto me: Rememberest thou the covenants of the Father unto the house of Israel? I said unto him, Yea.

And it came to pass that he said unto me: Look, and behold that great and abominable church, which is the mother of abominations, whose founder is the devil.

And he said unto me: Behold there are save two churches only; the one is the church of the Lamb of God, and the other is the church of the devil; wherefore, whoso belongeth not to the church of the Lamb of God belongeth to that great church, which is the mother of abominations; and she is the whore of all the earth.

And it came to pass that I looked and beheld the whore of all the earth, and she sat upon many waters; and she had dominion over all the earth, among all nations, kindreds, tongues, and people.

And it came to pass that I beheld the church of the Lamb of God, and its numbers were few, because of the wickedness and abominations of the whore who sat upon many waters; nevertheless, I beheld that the church of the Lamb, who were the saints of God, were also upon all the face of the earth; and their dominions upon the face of the earth were small, because of the wickedness of the great whore whom I saw.



13 At ito ay nangyari na, na namasdan kong nangalap ng maraming tao ang makapangyarihang ina ng mga karumal-dumal na gawain sa lahat ng dako ng mundo, sa lahat ng bansa ng mga Gentil, upang kalabanin ang Kordero ng Diyos.

14 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay namasdan ang kapangyarihan ng Kordero ng Diyos, na ito ay napasa mga banal ng simbahan ng Kordero, at sa mga pinagtipanang tao ng Panginoon, na nakakalat sa lahat ng dako ng mundo; at nasasandatahan sila ng kabutihan at kapangyarihan ng Diyos sa dakilang kaluwalhatian.

15 At ito ay nangyari na, na namasdan kong nabuhos ang poot ng Diyos sa yaong makapangyarihan at karumal-dumal na simbahan, kung kaya nga't may mga digmaan at alingawngaw ng mga digmaan sa lahat ng bansa at lahi sa mundo.

16 At nang magsimulang magkaroon ng mga digmaan at alingawngaw ng mga digmaan sa lahat ng bansang pag-aari ng ina ng mga karumal-dumal na gawain, nangusap ang anghel sa akin, sinasabing: Masdan, ang poot ng Diyos ay napasa-ina ng mga patutot; at masdan, nakikita mo ang lahat ng bagay na ito—

17 At kapag dumating ang panahong mabubuhos ang poot ng Diyos sa ina ng mga patutot, na siyang makapangyarihan at karumal-dumal na simbahan sa buong mundo, na ang diyablo ang nagtatag, sa gayon, sa araw na yaon, ang gawain ng Ama ay magsisimula, sa paghahanda ng daan upang maisakatuparan ang kanyang mga tipan, na kanyang ginawa sa kanyang mga tao na nabibilang sa sambahayan ni Israel.

18 At ito ay nangyari na, na nangusap sa akin ang anghel, sinasabing: Tingnan!

19 At tumingin ako at namasdan ang isang lalaki at nakadamit siya ng isang puting bata.

20 At sinabi ng anghel sa akin: Masdan ang isa sa labindalawang apostol ng Kordero.

21 Masdan, makikita niya at isusulat ang mga nalalabi sa mga bagay na ito; oo, at gayon din ang marami pang bagay na nangyari na.

22 At isusulat din niya ang hinggil sa katapusan ng daigdig.

And it came to pass that I beheld that the great mother of abominations did gather together multitudes upon the face of all the earth, among all the nations of the Gentiles, to fight against the Lamb of God.

And it came to pass that I, Nephi, beheld the power of the Lamb of God, that it descended upon the saints of the church of the Lamb, and upon the covenant people of the Lord, who were scattered upon all the face of the earth; and they were armed with righteousness and with the power of God in great glory.

And it came to pass that I beheld that the wrath of God was poured out upon that great and abominable church, insomuch that there were wars and rumors of wars among all the nations and kindreds of the earth.

And as there began to be wars and rumors of wars among all the nations which belonged to the mother of abominations, the angel spake unto me, saying: Behold, the wrath of God is upon the mother of harlots; and behold, thou seest all these things—

And when the day cometh that the wrath of God is poured out upon the mother of harlots, which is the great and abominable church of all the earth, whose founder is the devil, then, at that day, the work of the Father shall commence, in preparing the way for the fulfilling of his covenants, which he hath made to his people who are of the house of Israel.

And it came to pass that the angel spake unto me, saying: Look!

And I looked and beheld a man, and he was dressed in a white robe.

And the angel said unto me: Behold one of the twelve apostles of the Lamb.

Behold, he shall see and write the remainder of these things; yea, and also many things which have been.

And he shall also write concerning the end of the world.

- 23 Samakatwid, ang mga bagay na kanyang isusulat ay makatarungan at totoo; at masdan, nasusulat ang mga ito sa aklat na iyong namasdan na nagmula sa bibig ng Judio; at sa panahong lalabas ang mga ito sa bibig ng Judio, o, sa panahong ang aklat ay lalabas mula sa bibig ng Judio, ang mga bagay na nasusulat ay malinaw at dalisay, at pinakamahalaga at madaling maunawaan ng lahat ng tao.
- 24 At masdan, ang mga bagay na isusulat ng apostol na ito ng Kordero ay maraming bagay na iyo nang nakita; at masdan, ang nalalabi ay makikita mo.
- 25 Subalit ang mga bagay na iyong makikita pagkaraan nito ay hindi mo isusulat; sapagkat inordenan ng Panginoong Diyos ang apostol ng Kordero ng Diyos na siya ang magsusulat ng mga yaon.
- 26 At gayon din sa ibang nabuhay na noon, sa kanila ay ipinakita niya ang lahat ng bagay, at isinulat nila ang mga yaon; at mahigpit na isinara ang mga yaon upang lumabas sa kanilang kadalisayan, alinsunod sa katotohanan na nasa Kordero, sa sariling itinakdang panahon ng Panginoon, sa sambahayan ni Israel.
- 27 At ako, si Nephi, ay narinig at nagpapatotoo, na ang pangalan ng apostol ng Kordero ay Juan, ayon sa salita ng anghel.
- 28 At masdan, ako, si Nephi, ay pinagbawalang aking isulat ang nalalabi sa mga bagay na aking nakita at narinig; anupa't ang mga bagay na naisulat ko ay sapat na sa akin; at aking isinulat ang maliit na bahagi lamang ng mga bagay na aking nakita.
- 29 At pinatotohanan kong aking nakita ang mga bagay na nakita ng aking ama, at ipinaalam sa akin ang mga yaon ng anghel ng Panginoon.
- 30 At ngayon tatapusin ko na ang aking mga pananalita hinggil sa mga bagay na aking nakita habang ako ay natangay sa espiritu; at kung hindi man nasusulat ang lahat ng bagay na aking nakita, ang mga bagay na aking naisulat ay totoo. At gayon nga ito. Amen.

Wherefore, the things which he shall write are just and true; and behold they are written in the book which thou beheld proceeding out of the mouth of the Jew; and at the time they proceeded out of the mouth of the Jew, or, at the time the book proceeded out of the mouth of the Jew, the things which were written were plain and pure, and most precious and easy to the understanding of all men.

And behold, the things which this apostle of the Lamb shall write are many things which thou hast seen; and behold, the remainder shalt thou see.

But the things which thou shalt see hereafter thou shalt not write; for the Lord God hath ordained the apostle of the Lamb of God that he should write them.

And also others who have been, to them hath he shown all things, and they have written them; and they are sealed up to come forth in their purity, according to the truth which is in the Lamb, in the own due time of the Lord, unto the house of Israel.

And I, Nephi, heard and bear record, that the name of the apostle of the Lamb was John, according to the word of the angel.

And behold, I, Nephi, am forbidden that I should write the remainder of the things which I saw and heard; wherefore the things which I have written sufficeth me; and I have written but a small part of the things which I saw.

And I bear record that I saw the things which my father saw, and the angel of the Lord did make them known unto me.

And now I make an end of speaking concerning the things which I saw while I was carried away in the Spirit; and if all the things which I saw are not written, the things which I have written are true. And thus it is. Amen.

## 1 Nephi 15

- 1 At ito ay nangyari na, na matapos ako, si Nephi, ay matangay sa espiritu, at nakita ang lahat ng bagay na ito, bumalik ako sa tolda ng aking ama.
- 2 At ito ay nangyari na, na namasdan ko ang aking mga kapatid, at nagtatalu-talo sila sa isa't isa hinggil sa mga bagay na sinabi ng aking ama sa kanila.
- 3 Sapagkat tunay na maraming kamanghamanghang bagay ang kanyang sinabi sa kanila, na mahirap maunawaan, maliban lamang kung ang isang tao ay magtatanong sa Panginoon; at sila, sapagkat matitigas ang puso, samakatwid hindi sila lumapit sa Panginoon na siyang nararapat.
- 4 At ngayon, ako, si Nephi, ay nagdalamhati dahil sa katigasan ng kanilang mga puso, at gayon din, dahil sa mga bagay na aking nakita, at nalalaman kong tiyak na mangyayari ang mga yaon dahil sa labis na kasamaan ng mga anak ng tao.
- 5 At ito ay nangyari na, na ako ay nadaig ng aking mga paghihirap, sapagkat inaakala ko na ang aking mga paghihirap ay higit sa lahat, dahil sa pagkalipol ng aking mga tao, sapagkat namasdan ko ang kanilang pagbagsak.
- 6 At ito ay nangyari na, na matapos akong makatanggap ng lakas ako ay nangusap sa aking mga kapatid, nagnanais na malaman sa kanila ang dahilan ng kanilang pagtatalo.
- 7 At sinabi nila: Masdan, hindi namin maunawaan ang mga salita ng ating ama hinggil sa mga likas na sanga ng punong olibo, at hinggil din sa mga Gentil.
- 8 At sinabi ko sa kanila: Nagtanong ba kayo sa Panginoon?
- 9 At sinabi nila sa akin: Hindi; sapagkat walang ipinaalam na gayong bagay ang Panginoon sa amin.
- 10 Masdan, sinabi ko sa kanila: Ano't hindi ninyo sinusunod ang mga kautusan ng Panginoon? Bakit kayo ay masasawi, dahil sa katigasan ng inyong mga puso?

## 1 Nephi 15

And it came to pass that after I, Nephi, had been carried away in the Spirit, and seen all these things, I returned to the tent of my father.

And it came to pass that I beheld my brethren, and they were disputing one with another concerning the things which my father had spoken unto them.

For he truly spake many great things unto them, which were hard to be understood, save a man should inquire of the Lord; and they being hard in their hearts, therefore they did not look unto the Lord as they ought.

And now I, Nephi, was grieved because of the hardness of their hearts, and also, because of the things which I had seen, and knew they must unavoidably come to pass because of the great wickedness of the children of men.

And it came to pass that I was overcome because of my afflictions, for I considered that mine afflictions were great above all, because of the destruction of my people, for I had beheld their fall.

And it came to pass that after I had received strength I spake unto my brethren, desiring to know of them the cause of their disputations.

And they said: Behold, we cannot understand the words which our father hath spoken concerning the natural branches of the olive tree, and also concerning the Gentiles.

And I said unto them: Have ye inquired of the Lord?

And they said unto me: We have not; for the Lord maketh no such thing known unto us.

Behold, I said unto them: How is it that ye do not keep the commandments of the Lord? How is it that ye will perish, because of the hardness of your hearts?

- 11 Hindi ba ninyo natatandaan ang mga bagay na sinabi ng Panginoon?—Kung hindi ninyo patitigasin ang inyong mga puso, at magtatanong sa akin nang may pananampalataya, naniniwalang makatatanggap kayo, nang may pagsusumigasig sa pagsunod sa aking mga kautusan, tiyak na ipaalam sa inyo ang mga bagay na ito.
- 12 Masdan, sinasabi ko sa inyo, na ang sambahayan ni Israel ay inihahalintulad sa isang punong olibo, ng Espiritu ng Panginoon na nasa ating ama; at masdan, hindi ba't tayo ay binali mula sa sambahayan ni Israel, at hindi ba't tayo ay isang sanga ng sambahayan ni Israel?
- 13 At ngayon, ang ibig sabihin ng ating ama hinggil sa paghuhugpong ng mga likas na sanga sa pamamagitan ng kaganapan ng mga Gentil, ay, na sa mga huling araw, kapag ang ating mga binhi ay nanghina sa kawalang-paniniwala, oo, sa loob ng maraming taon, at maraming salinlahi matapos magpakita ang Mesiyas sa katawang-tao sa mga anak ng tao, pagkatapos ang kabuuan ng ebanghelyo ng Mesiyas ay darating sa mga Gentil, at mula sa mga Gentil patungo sa mga labi ng ating mga binhi—
- 14 At sa araw na yaon ay malalaman ng labi ng ating mga binhi na sila ay kabilang sa sambahayan ni Israel, at na sila ang mga pinagtipanang tao ng Panginoon; at pagkatapos makikilala nila at makararating sila sa kaalaman ng kanilang mga ninuno, at gayon din sa kaalaman ng ebanghelyo ng kanilang Manunubos, na kanyang ipinangaral sa kanilang mga ama; anupa't makararating sila sa kaalaman ng kanilang Manunubos at sa bawat bahagi ng kanyang doktrina, nang malaman nila kung paano lalapit sa kanya at maligtas.
- 15 At pagkatapos sa araw na yaon hindi ba't sila ay magagalak at magbibigay-papuri sa kanilang Diyos na walang hanggan, ang kanilang bato at kanilang kaligtasan? Oo, sa araw na yaon, hindi ba't matatanggap nila ang lakas at pagkain mula sa tunay na baging? Oo, hindi ba't sila ay magtutungo sa tunay na kawan ng Diyos?
- 16 Masdan, sinasabi ko sa inyo, Oo; muli silang maaalaala sa sambahayan ni Israel; ihuhugpong sila, bilang likas na sanga ng punong olibo, sa tunay na punong olibo.

Do ye not remember the things which the Lord hath said?—If ye will not harden your hearts, and ask me in faith, believing that ye shall receive, with diligence in keeping my commandments, surely these things shall be made known unto you.

Behold, I say unto you, that the house of Israel was compared unto an olive tree, by the Spirit of the Lord which was in our father; and behold are we not broken off from the house of Israel, and are we not a branch of the house of Israel?

And now, the thing which our father meaneth concerning the grafting in of the natural branches through the fulness of the Gentiles, is, that in the latter days, when our seed shall have dwindled in unbelief, yea, for the space of many years, and many generations after the Messiah shall be manifested in body unto the children of men, then shall the fulness of the gospel of the Messiah come unto the Gentiles, and from the Gentiles unto the remnant of our seed—

And at that day shall the remnant of our seed know that they are of the house of Israel, and that they are the covenant people of the Lord; and then shall they know and come to the knowledge of their forefathers, and also to the knowledge of the gospel of their Redeemer, which was ministered unto their fathers by him; wherefore, they shall come to the knowledge of their Redeemer and the very points of his doctrine, that they may know how to come unto him and be saved.

And then at that day will they not rejoice and give praise unto their everlasting God, their rock and their salvation? Yea, at that day, will they not receive the strength and nourishment from the true vine? Yea, will they not come unto the true fold of God?

Behold, I say unto you, Yea; they shall be remembered again among the house of Israel; they shall be grafted in, being a natural branch of the olive tree, into the true olive tree.

- 17 At ito ang ibig sabihin ng ating ama; at ipinapakahulugan niya na hindi ito mangyayari hangga't hindi sila naikakalat ng mga Gentil; at ipinapakahulugan niyang magmumula ito sa pamamagitan ng mga Gentil, upang maipakita ng Panginoon ang kanyang kapangyarihan sa mga Gentil, dahil na rin sa natatanging kadahilanan na itatakwil siya ng mga Judio, o ng sambahayan ni Israel.
- 18 Anupa't ang ating ama ay hindi lamang tumutukoy sa ating mga binhi, kundi gayon din sa buong sambahayan ni Israel, tumutukoy sa mga tipang matutupad sa mga huling araw; kung aling tipan ay ginawa ng Panginoon sa ating amang si Abraham, sinasabing: Sa iyong mga binhi pagpapalain ang lahat ng lahi sa mundo.
- 19 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay nangusap nang marami sa kanila hinggil sa mga bagay na ito; oo, nangusap ako sa kanila hinggil sa pagpapanumbalik ng mga Judio sa mga huling araw.
- 20 At inulit ko sa kanila ang mga salita ni Isaias, na nangusap hinggil sa pagpapanumbalik ng mga Judio, o ng sambahayan ni Israel; at matapos silang mapanumbalik sila ay hindi na malilito pa, ni makakalat na muli. At ito ay nangyari na, na marami akong sinabing salita sa aking mga kapatid, kung kaya't sila ay napapayapa at nagpakumbaba ng kanilang sarili sa harapan ng Panginoon.
- 21 At ito ay nangyari na, na muli silang nangusap sa akin, sinasabing: Ano ang kahulugan ng bagay na ito na nakita ng ating ama sa panaginip? Ano ang kahulugan ng punungkahoy na kanyang nakita?
- 22 At sinabi ko sa kanila: Ito ay sumasagisag sa punungkahoy ng buhay.
- 23 At sinabi nila sa akin: Ano ang kahulugan ng gabay na bakal na nakita ng ating ama, na patungo sa punungkahoy?
- 24 At sinabi ko sa kanila na ito ang salita ng Diyos; at sinuman ang makikinig sa salita ng Diyos, at mahigpit na kakapit dito, kailanman sila ay hindi masasawi; ni ang mga tukso o nag-aapoy na sibat ng kaaway ay makapananaig sa kanila tungo sa pagkabalag, upang akayin sila sa pagkalipol.

And this is what our father meaneth; and he meaneth that it will not come to pass until after they are scattered by the Gentiles; and he meaneth that it shall come by way of the Gentiles, that the Lord may show his power unto the Gentiles, for the very cause that he shall be rejected of the Jews, or of the house of Israel.

Wherefore, our father hath not spoken of our seed alone, but also of all the house of Israel, pointing to the covenant which should be fulfilled in the latter days; which covenant the Lord made to our father Abraham, saying: In thy seed shall all the kindreds of the earth be blessed.

And it came to pass that I, Nephi, spake much unto them concerning these things; yea, I spake unto them concerning the restoration of the Jews in the latter days.

And I did rehearse unto them the words of Isaiah, who spake concerning the restoration of the Jews, or of the house of Israel; and after they were restored they should no more be confounded, neither should they be scattered again. And it came to pass that I did speak many words unto my brethren, that they were pacified and did humble themselves before the Lord.

And it came to pass that they did speak unto me again, saying: What meaneth this thing which our father saw in a dream? What meaneth the tree which he saw?

And I said unto them: It was a representation of the tree of life.

And they said unto me: What meaneth the rod of iron which our father saw, that led to the tree?

And I said unto them that it was the word of God; and whoso would hearken unto the word of God, and would hold fast unto it, they would never perish; neither could the temptations and the fiery darts of the adversary overpower them unto blindness, to lead them away to destruction.

- 25 Kaya nga, ako, si Nephi, ay pinayuhan silang pakinggan ang salita ng Panginoon; oo, pinayuhan ko sila lakip ang lahat ng lakas ng aking kaluluwa, at lahat ng kaalamang aking taglay, na sila ay makinig sa salita ng Diyos at tandaang sundin ang kanyang mga kautusan sa tuwina sa lahat ng bagay.
- 26 At sinabi nila sa akin: Ano ang kahulugan ng ilog ng tubig na nakita ng ating ama?
- 27 At sinabi ko sa kanila na ang tubig na nakita ng aking ama ay karumihan; at sa dami ng mga iba pang bagay na nasa kanyang isipan ay hindi na niya namasdan ang karumihan ng tubig.
- 28 At sinabi ko sa kanila na ito ay isang kakila-kilabot na look, na humihiwalay sa masasama mula sa punungkahoy ng buhay, at gayon din sa mga banal ng Diyos.
- 29 At sinabi ko sa kanila na ito ay sumasagisag sa yaong kakila-kilabot na impiyerno, na sinabi sa akin ng anghel na inihanda para sa masasama.
- 30 At sinabi ko rin sa kanilang nakita rin ng aming ama na ang katarungan ng Diyos ay humihiwalay rin sa masasama mula sa mabubuti; at ang liwanag nito ay kahalintulad ng liwanag ng isang nagliliyab na apoy, na pumapailanglang sa Diyos magpakailanman, at walang katapusan.
- 31 At sinabi nila sa akin: Ang ibig bang sabihin ng bagay na ito ay pagdurusa ng katawan sa mga araw ng pagsubok, o ang kahulugan ba nito ay kahulihang kalagayan ng kaluluwa matapos ang kamatayan ng katawang lupa, o tumutukoy ba ito sa mga bagay na temporal?
- 32 At ito ay nangyari na, na sinabi ko sa kanila na sumasagisag ito sa mga bagay na kapwa temporal at espirituwal; sapagkat darating ang araw na sila ay tiyak na hahatulan sa kanilang mga gawa, oo, maging ang mga gawang ginawa ng katawang lupa sa mga araw ng kanilang pagsubok.

Wherefore, I, Nephi, did exhort them to give heed unto the word of the Lord; yea, I did exhort them with all the energies of my soul, and with all the faculty which I possessed, that they would give heed to the word of God and remember to keep his commandments always in all things.

And they said unto me: What meaneth the river of water which our father saw?

And I said unto them that the water which my father saw was filthiness; and so much was his mind swallowed up in other things that he beheld not the filthiness of the water.

And I said unto them that it was an awful gulf, which separated the wicked from the tree of life, and also from the saints of God.

And I said unto them that it was a representation of that awful hell, which the angel said unto me was prepared for the wicked.

And I said unto them that our father also saw that the justice of God did also divide the wicked from the righteous; and the brightness thereof was like unto the brightness of a flaming fire, which ascendeth up unto God forever and ever, and hath no end.

And they said unto me: Doth this thing mean the torment of the body in the days of probation, or doth it mean the final state of the soul after the death of the temporal body, or doth it speak of the things which are temporal?

And it came to pass that I said unto them that it was a representation of things both temporal and spiritual; for the day should come that they must be judged of their works, yea, even the works which were done by the temporal body in their days of probation.

- 33 Anupa't kung sila ay mamamatay sa kanilang mga kasamaan sila ay tiyak ding itatakwil, alinsunod sa mga bagay na espirituwal, na tumutukoy sa kabutihan; kaya nga, tiyak na sila ay dadalhin upang tumayo sa harapan ng Diyos, upang hatulan sa kanilang mga gawa; at kung ang kanilang mga gawa ay karumihan sila ay tiyak na marurumi; at kung sila ay marurumi, tiyak na sila ay hindi makapananahanan sa kaharian ng Diyos; sapagkat kung magkakagayon, ang kaharian ng Diyos ay tiyak na marumi rin.
- 34 Subalit masdan, sinasabi ko sa inyo, ang kaharian ng Diyos ay hindi marumi, at walang anumang maruming bagay ang makapapasok sa kaharian ng Diyos; anupa't tiyak na may lugar ng karumihang inihanda para sa yaong marurumi.
- 35 At may lugar na inihanda, oo, maging yaong kakila-kilabot na impiyerno na aking sinabi, at ang diyablo ang naghandang nito; kaya nga, ang kahulihang kalagayan ng kaluluwa ng tao ay manahanan sa kaharian ng Diyos, o itakwil dahil sa yaong katarungang aking sinabi.
- 36 Sa gayon, ang masasama ay ihihwalay sa mabubuti, at gayon din sa yaong punungkahoy ng buhay, na ang bunga ay pinakamahalaga at pinakakanais-nais sa lahat ng iba pang bunga; oo, at ito ang pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos. At sa gayon ako nangusap sa aking mga kapatid. Amen.

Wherefore, if they should die in their wickedness they must be cast off also, as to the things which are spiritual, which are pertaining to righteousness; wherefore, they must be brought to stand before God, to be judged of their works; and if their works have been filthiness they must needs be filthy; and if they be filthy it must needs be that they cannot dwell in the kingdom of God; if so, the kingdom of God must be filthy also.

But behold, I say unto you, the kingdom of God is not filthy, and there cannot any unclean thing enter into the kingdom of God; wherefore there must needs be a place of filthiness prepared for that which is filthy.

And there is a place prepared, yea, even that awful hell of which I have spoken, and the devil is the preparator of it; wherefore the final state of the souls of men is to dwell in the kingdom of God, or to be cast out because of that justice of which I have spoken.

Wherefore, the wicked are rejected from the righteous, and also from that tree of life, whose fruit is most precious and most desirable above all other fruits; yea, and it is the greatest of all the gifts of God. And thus I spake unto my brethren. Amen.

## 1 Nephi 16

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, na matapos na ako, si Nephi, ay magwakas sa pangungusap sa aking mga kapatid, masdan, sinabi nila sa akin: Ikaw ay nagpahayag sa amin ng masasakit na bagay, higit kaysa kaya naming tiisin.
- 2 At ito ay nangyari na, na sinabi ko sa kanila na alam kong ako ay nagsalita ng masasakit na bagay laban sa masasama, alinsunod sa katotohanan; at ang mabubuti ay binigyang-katwiran ko, at nagpatotoo na sila ay dadakilain sa huling araw; anupa't ang may kasalanan ay tumatanggap ng katotohanan nang may kahirapan; sapagkat iyon ay sumusugat sa kanila sa kaibuturan.
- 3 At ngayon mga kapatid ko, kung kayo ay mabubuti at nahahandang makinig sa katotohanan, at bigyang-unawa ito, nang kayo ay makalakad nang matwid sa harapan ng Diyos, kung magkagayon kayo ay hindi magbubulung-bulong dahil sa katotohanan, at sasabihing: Ikaw ay nangungusap ng masasakit na bagay laban sa amin.
- 4 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay pinayuhan ang aking mga kapatid, nang buong sigasig, na sundin ang mga kautusan ng Panginoon.
- 5 At ito ay nangyari na, na sila ay nagpakumbaba ng kanilang sarili sa harapan ng Panginoon; kung kaya nga't ako ay nagalak at nagkaroon ng malaking pag-asa sa kanila, na sila ay lalakad sa mga landas ng kabutihan.
- 6 Ngayon, ang lahat ng bagay na ito ay winika at naganap nang ang aking ama ay naninirahan sa isang tolda sa lambak na tinawag niyang Lemuel.
- 7 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay pinakasalan ang isa sa mga anak na babae ni Ismael upang maging asawa; at gayon din, pinakasalan ng aking mga kapatid ang mga anak na babae ni Ismael upang maging mga asawa; at gayon din, pinakasalan ni Zoram ang pinakamatandang anak na babae ni Ismael upang maging asawa.
- 8 At sa gayon natupad ng aking ama ang lahat ng kautusan ng Panginoon na ibinigay sa kanya. At gayon din, ako, si Nephi, ay labis na pinagpala ng Panginoon.

## 1 Nephi 16

And now it came to pass that after I, Nephi, had made an end of speaking to my brethren, behold they said unto me: Thou hast declared unto us hard things, more than we are able to bear.

And it came to pass that I said unto them that I knew that I had spoken hard things against the wicked, according to the truth; and the righteous have I justified, and testified that they should be lifted up at the last day; wherefore, the guilty taketh the truth to be hard, for it cutteth them to the very center.

And now my brethren, if ye were righteous and were willing to hearken to the truth, and give heed unto it, that ye might walk uprightly before God, then ye would not murmur because of the truth, and say: Thou speakest hard things against us.

And it came to pass that I, Nephi, did exhort my brethren, with all diligence, to keep the commandments of the Lord.

And it came to pass that they did humble themselves before the Lord; insomuch that I had joy and great hopes of them, that they would walk in the paths of righteousness.

Now, all these things were said and done as my father dwelt in a tent in the valley which he called Lemuel.

And it came to pass that I, Nephi, took one of the daughters of Ishmael to wife; and also, my brethren took of the daughters of Ishmael to wife; and also Zoram took the eldest daughter of Ishmael to wife.

And thus my father had fulfilled all the commandments of the Lord which had been given unto him. And also, I, Nephi, had been blessed of the Lord exceedingly.



- 9 At ito ay nangyari na, na ang tinig ng Panginoon ay nangusap sa aking ama sa gabi, at inutusan siya na sa kinabukasan siya ay nararapat maglakbay sa ilang.
- 10 At ito ay nangyari na, nang ang aking ama ay bumangon sa umaga, at nagtungo sa pinto ng tolda, sa kanyang malaking pagkamangha, namasdan niya sa lupa ang isang bilog na bola na kahanga-hanga ang pagkakagawa; at iyon ay yari sa purong tanso. At sa loob ng bola ay may dalawang ikiran; at ang isa ay itinuturo ang daan kung saan kami nararapat magtungo sa ilang.
- 11 At ito ay nangyari na, na tinipon naming sama-sama ang anumang bagay na nararapat naming dalhin sa pagtungo sa ilang, at ang lahat ng nalabi sa aming mga panustos na ibinigay sa amin ng Panginoon; at dinala namin ang lahat ng uri ng binhi na maaari naming madala sa ilang.
- 12 At ito ay nangyari na, na dinala namin ang aming mga tolda at lumisan patungo sa ilang, sa kabilang pampang ng ilog Laman.
- 13 At ito ay nangyari na, na kami ay naglakbay sa loob ng apat na araw, halos sa gawing timog-timog silangan, at muli naming itinayo ang aming mga tolda; at tinawag namin ang pook sa pangalang Saser.
- 14 At ito ay nangyari na, na dinala namin ang aming mga busog at aming mga palaso, at nagtungo sa ilang upang mangaso ng makakain para sa aming mga mag-anak; at matapos kaming makapangaso ng makakain para sa aming mga mag-anak ay muli kaming bumalik sa aming mga mag-anak sa ilang, sa pook ng Saser. At kami ay muling naglakbay sa ilang, sinusunod ang dating daan, nananatili sa mayamang bahagi ng ilang, na nasa mga hangganang malapit sa Dagat na Pula.
- 15 At ito ay nangyari na, na kami ay naglakbay sa loob ng maraming araw, nangangaso ng makakain sa dinaraan, sa pamamagitan ng aming mga busog at aming mga palaso at aming mga bato at aming mga tirador.
- 16 At sinunod namin ang mga panturo ng bola, na nag-akay sa amin sa higit na mayayamang bahagi ng ilang.

And it came to pass that the voice of the Lord spake unto my father by night, and commanded him that on the morrow he should take his journey into the wilderness.

And it came to pass that as my father arose in the morning, and went forth to the tent door, to his great astonishment he beheld upon the ground a round ball of curious workmanship; and it was of fine brass. And within the ball were two spindles; and the one pointed the way whither we should go into the wilderness.

And it came to pass that we did gather together whatsoever things we should carry into the wilderness, and all the remainder of our provisions which the Lord had given unto us; and we did take seed of every kind that we might carry into the wilderness.

And it came to pass that we did take our tents and depart into the wilderness, across the river Laman.

And it came to pass that we traveled for the space of four days, nearly a south-southeast direction, and we did pitch our tents again; and we did call the name of the place Shazer.

And it came to pass that we did take our bows and our arrows, and go forth into the wilderness to slay food for our families; and after we had slain food for our families we did return again to our families in the wilderness, to the place of Shazer. And we did go forth again in the wilderness, following the same direction, keeping in the most fertile parts of the wilderness, which were in the borders near the Red Sea.

And it came to pass that we did travel for the space of many days, slaying food by the way, with our bows and our arrows and our stones and our slings.

And we did follow the directions of the ball, which led us in the more fertile parts of the wilderness.

- 17 At matapos na kami ay makapaglakbay sa loob ng maraming araw, itinayo namin ang aming mga tolda sa loob ng ilang panahon, upang muling maipahinga ang aming sarili at maikuha ng makakain ang aming mga mag-anak.
- 18 At ito ay nangyari na, na habang ako, si Nephi, ay yumaon upang mangaso ng makakain, masdan, nabali ko ang aking busog na yari sa purong asero; at matapos na mabali ko ang aking busog, masdan, ang aking mga kapatid ay nagalit sa akin dahil sa pagkabali ng aking busog, sapagkat hindi kami nakakuha ng makakain.
- 19 At ito ay nangyari na, na kami ay bumalik sa aming mga mag-anak nang walang dalang pagkain, at dahil sa labis na pagkapagod, dala ng kanilang paglalakbay, sila ay lubhang nahirapan dahil sa kawalan ng pagkain.
- 20 At ito ay nangyari na, na sina Laman at Lemuel at ang mga anak na lalaki ni Ismael ay nagsimulang bumulung-bulong nang labis, dahil sa kanilang mga pagdurusa at paghihirap sa ilang; at gayundin, ang aking ama ay nagsimulang bumulung-bulong laban sa Panginoon niyang Diyos; oo, at lahat sila ay labis na nalungkot, maging sa sila ay bumulung-bulong laban sa Panginoon.
- 21 Ngayon ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, na naghirap kasama ng aking mga kapatid dahil sa pagkabali ng aking busog, at ang kanilang mga busog ay nawalan ng kanilang mga igkas, iyon ay nagsimulang maging lubhang napakahirap, oo, kung kaya nga't kami ay hindi na makakuha ng pagkain.
- 22 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay nangusap nang marami sa aking mga kapatid, sapagkat pinatigas nilang muli ang kanilang mga puso, maging hanggang sa pagdaing laban sa Panginoon nilang Diyos.
- 23 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay gumawa mula sa kahoy ng isang busog, at mula sa isang tuwid na patpat, ng isang palaso; kaya nga, nasandatahan ako ng busog at palaso, kasama ng tirador at mga bato. At sinabi ko sa aking ama: Saan po ako patutungo upang makakuha ng pagkain?

And after we had traveled for the space of many days, we did pitch our tents for the space of a time, that we might again rest ourselves and obtain food for our families.

And it came to pass that as I, Nephi, went forth to slay food, behold, I did break my bow, which was made of fine steel; and after I did break my bow, behold, my brethren were angry with me because of the loss of my bow, for we did obtain no food.

And it came to pass that we did return without food to our families, and being much fatigued, because of their journeying, they did suffer much for the want of food.

And it came to pass that Laman and Lemuel and the sons of Ishmael did begin to murmur exceedingly, because of their sufferings and afflictions in the wilderness; and also my father began to murmur against the Lord his God; yea, and they were all exceedingly sorrowful, even that they did murmur against the Lord.

Now it came to pass that I, Nephi, having been afflicted with my brethren because of the loss of my bow, and their bows having lost their springs, it began to be exceedingly difficult, yea, insomuch that we could obtain no food.

And it came to pass that I, Nephi, did speak much unto my brethren, because they had hardened their hearts again, even unto complaining against the Lord their God.

And it came to pass that I, Nephi, did make out of wood a bow, and out of a straight stick, an arrow; wherefore, I did arm myself with a bow and an arrow, with a sling and with stones. And I said unto my father: Whither shall I go to obtain food?

- 24 At ito ay nangyari na, na nagtanong siya sa Panginoon, sapagkat nagpakumbaba sila ng kanilang sarili dahil sa aking mga salita; sapagkat nangusap ako ng maraming bagay sa kanila sa kasiglahan ng aking kaluluwa.
- 25 At ito ay nangyari na, na ang tinig ng Panginoon ay nangusap sa aking ama; at tunay siyang nakastigo dahil sa kanyang pagbulung-bulong laban sa Panginoon, kung kaya nga't siya ay nasadlak sa kailaliman ng kalungkutan.
- 26 At ito ay nangyari na, na ang tinig ng Panginoon ay nagsabi sa kanya: Tumingin ka sa bola, at masdan ang mga bagay na nakasulat.
- 27 At ito ay nangyari na, nang mamasdan ng aking ama ang mga bagay na nakasulat sa bola, siya ay natakot at labis na nanginig, at gayon din ang aking mga kapatid at mga anak na lalaki ni Ismael at ang aming mga asawa.
- 28 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay namasdan ang mga panuro na nasa bola, na ang mga iyon ay gumagalaw alinsunod sa pananampalataya at pagsisikap at pagsunod na ibinigay namin sa mga iyon.
- 29 At may nakasulat din doon sa mga iyon na isang bagong sulatin, na madaling mabasa, na nagbigay sa amin ng pang-unawa hinggil sa mga pamamaraan ng Panginoon; at iyon ay isinusulat at binabago sa pana-panahon, alinsunod sa pananampalataya at sigasig na ibinibigay namin doon. At sa gayon nakikita natin na sa pamamagitan ng maliliit na pamamaraan ay maisasagawa ng Panginoon ang mahahalagang bagay.
- 30 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay umakyat sa tuktok ng bundok, alinsunod sa mga tagubiling ibinigay mula sa bola.
- 31 At ito ay nangyari na, na nakapatay ako ng mababangis na hayop, kung kaya nga't nakakuha ako ng makakain para sa aming mga mag-anak.
- 32 At ito ay nangyari na, na ako ay bumalik sa aming mga tolda, dala ang mga hayop na aking napatay; at ngayon, nang namasdan nilang nakakuha ako ng makakain, gayon na lamang ang kanilang kagalakan! At ito ay nangyari na, na nagpakumbaba sila ng kanilang sarili sa harapan ng Panginoon, at nagbigay-pasasalamat sa kanya.

And it came to pass that he did inquire of the Lord, for they had humbled themselves because of my words; for I did say many things unto them in the energy of my soul.

And it came to pass that the voice of the Lord came unto my father; and he was truly chastened because of his murmuring against the Lord, insomuch that he was brought down into the depths of sorrow.

And it came to pass that the voice of the Lord said unto him: Look upon the ball, and behold the things which are written.

And it came to pass that when my father beheld the things which were written upon the ball, he did fear and tremble exceedingly, and also my brethren and the sons of Ishmael and our wives.

And it came to pass that I, Nephi, beheld the pointers which were in the ball, that they did work according to the faith and diligence and heed which we did give unto them.

And there was also written upon them a new writing, which was plain to be read, which did give us understanding concerning the ways of the Lord; and it was written and changed from time to time, according to the faith and diligence which we gave unto it. And thus we see that by small means the Lord can bring about great things.

And it came to pass that I, Nephi, did go forth up into the top of the mountain, according to the directions which were given upon the ball.

And it came to pass that I did slay wild beasts, insomuch that I did obtain food for our families.

And it came to pass that I did return to our tents, bearing the beasts which I had slain; and now when they beheld that I had obtained food, how great was their joy! And it came to pass that they did humble themselves before the Lord, and did give thanks unto him.

- 33 At ito ay nangyari na, na muli kaming naglakbay, tinatahak ang halos gayon ding landas tulad noong una; at matapos na kami ay nakapaglakbay sa loob ng maraming araw ay muli naming itinayo ang aming mga tolda, upang kami ay makapanatili sa loob ng ilang panahon.
- 34 At ito ay nangyari na, na si Ismael ay namatay, at inilibing sa pook na tinawag na Nahom.
- 35 At ito ay nangyari na, na ang mga anak na babae ni Ismael ay labis na nagdalamhati, dahil sa pagkawala ng kanilang ama, at dahil sa kanilang mga paghihirap sa ilang; at sila ay bumulung-bulong laban sa aking ama, dahil sa inilabas niya sila sa lupain ng Jerusalem, sinasabing: Ang aming ama ay patay na; oo, at kami ay labis na nagpagala-gala sa ilang, at kami ay nagdanas ng labis na paghihirap, gutom, uhaw, at pagod; at matapos ang maraming pagdurusang ito kami ay tiyak na mamamatay sa gutom sa ilang.
- 36 At sa gayon sila bumulung-bulong laban sa aking ama, at gayon din, laban sa akin; at sila ay nagnais na bumalik na muli sa Jerusalem.
- 37 At sinabi ni Laman kay Lemuel at gayon din sa mga anak na lalaki ni Ismael: Masdan, patayin natin ang ating ama, at gayon din ang ating kapatid na si Nephi, na iniluklok ang kanyang sarili na maging ating tagapamahala at ating guro, na mga nakatatanda niyang kapatid.
- 38 Ngayon, sinasabi niya na ang Panginoon ay nakipag-usap sa kanya, at gayon din na ang mga anghel ay naglingkod sa kanya. Ngunit masdan, nalalaman natin na siya ay nagsisinungaling sa atin; at sinasabi niya ang mga bagay na ito sa atin, at siya ay nagsasagawa ng maraming bagay sa pamamagitan ng kanyang tusong pamamaraan, upang madaya niya ang ating mga mata, sa pag-aakala, marahil, na madadala niya tayo sa isang di kilalang ilang; at matapos na tayo ay kanyang mailigaw palayo, binalak niyang gawing hari ang kanyang sarili at isang pinuno natin, upang magawa niya sa atin ang naaalinsunod sa kanyang kagustuhan at kasiyahan. At sa ganitong pamamaraan pinukaw ng aking kapatid na si Laman ang kanilang mga puso upang magalit.

And it came to pass that we did again take our journey, traveling nearly the same course as in the beginning; and after we had traveled for the space of many days we did pitch our tents again, that we might tarry for the space of a time.

And it came to pass that Ishmael died, and was buried in the place which was called Nahom.

And it came to pass that the daughters of Ishmael did mourn exceedingly, because of the loss of their father, and because of their afflictions in the wilderness; and they did murmur against my father, because he had brought them out of the land of Jerusalem, saying: Our father is dead; yea, and we have wandered much in the wilderness, and we have suffered much affliction, hunger, thirst, and fatigue; and after all these sufferings we must perish in the wilderness with hunger.

And thus they did murmur against my father, and also against me; and they were desirous to return again to Jerusalem.

And Laman said unto Lemuel and also unto the sons of Ishmael: Behold, let us slay our father, and also our brother Nephi, who has taken it upon him to be our ruler and our teacher, who are his elder brethren.

Now, he says that the Lord has talked with him, and also that angels have ministered unto him. But behold, we know that he lies unto us; and he tells us these things, and he worketh many things by his cunning arts, that he may deceive our eyes, thinking, perhaps, that he may lead us away into some strange wilderness; and after he has led us away, he has thought to make himself a king and a ruler over us, that he may do with us according to his will and pleasure. And after this manner did my brother Laman stir up their hearts to anger.

39 At ito ay nangyari na, na ang Panginoon ay nasa aming panig, oo, maging ang tinig ng Panginoon ay narinig at nagwika ng maraming salita sa kanila, at pinarusahan sila nang labis; at matapos silang parusahan ng tinig ng Panginoon ay iwinaksi nila ang kanilang galit, at pinagsisihan ang kanilang mga kasalanan, kung kaya nga't biniyayaan kaming muli ng Panginoon ng pagkain, nang kami ay hindi mangasawi.

And it came to pass that the Lord was with us, yea, even the voice of the Lord came and did speak many words unto them, and did chasten them exceedingly; and after they were chastened by the voice of the Lord they did turn away their anger, and did repent of their sins, insomuch that the Lord did bless us again with food, that we did not perish.

## 1 Nephi 17

- 1 At ito ay nangyari na, na muli kaming naglakbay sa ilang; at kami ay naglakbay nang halos pasilangan magmula sa panahong yaon. At kami ay naglakbay at nagdanas ng maraming kahirapan sa ilang; at ang aming kababaihan ay nagsilang ng mga anak sa ilang.
- 2 At napakalaki ng pagpapala ng Panginoon sa amin, na samantalang kami ay nabubuhay sa hilaw na karne sa ilang, ang aming kababaihan ay nagbigay ng saganang gatas sa kanilang mga anak, at malalakas, oo, maging katulad ng kalalakihan; at nagsimula nilang batahin ang kanilang mga paglalakbay nang walang mga karaingan.
- 3 At sa gayon nakikita natin na ang mga kautusan ng Diyos ay tiyak na matutupad. At kung mangyayari na ang mga anak ng tao ay susunod sa mga kautusan ng Diyos kanya silang palulusugin, at pinalalakas sila, at naglalaan ng paraan upang kanilang maisagawa ang bagay na kanyang iniuutos sa kanila; anupa't siya ay naglaan ng aming ikabubuhay habang kami ay pansamantalang naninirahan sa ilang.
- 4 At kami ay pansamantalang nanirahan sa ilang sa loob ng maraming taon, oo, maging walong taon sa ilang.
- 5 At dumating kami sa lupain na aming tinawag na Masagana, dahil sa doon ay maraming bungang-kahoy at gayon din ng pulut-pukyutan; at ang lahat ng bagay na ito ay inihanda ng Panginoon upang kami ay huwag masawi. At namasdan namin ang dagat, na tinawag naming Irreantum, na, ibig ipakahulugan, ay maraming tubig.
- 6 At ito ay nangyari na, na itinayo namin ang aming mga tolda sa tabing dagat; at sa kabila ng aming dinanas na maraming pagdurusa at labis na kahirapan, oo, maging napakarami na hindi namin maisulat na lahat, kami ay labis na nagalak nang kami ay sumapit sa tabing dagat; at tinawag namin ang pook na Masagana, dahil sa pagkakaroon nito ng maraming bungang-kahoy.

## 1 Nephi 17

And it came to pass that we did again take our journey in the wilderness; and we did travel nearly eastward from that time forth. And we did travel and wade through much affliction in the wilderness; and our women did bear children in the wilderness.

And so great were the blessings of the Lord upon us, that while we did live upon raw meat in the wilderness, our women did give plenty of suck for their children, and were strong, yea, even like unto the men; and they began to bear their journeyings without murmurings.

And thus we see that the commandments of God must be fulfilled. And if it so be that the children of men keep the commandments of God he doth nourish them, and strengthen them, and provide means whereby they can accomplish the thing which he has commanded them; wherefore, he did provide means for us while we did sojourn in the wilderness.

And we did sojourn for the space of many years, yea, even eight years in the wilderness.

And we did come to the land which we called Bountiful, because of its much fruit and also wild honey; and all these things were prepared of the Lord that we might not perish. And we beheld the sea, which we called Irreantum, which, being interpreted, is many waters.

And it came to pass that we did pitch our tents by the seashore; and notwithstanding we had suffered many afflictions and much difficulty, yea, even so much that we cannot write them all, we were exceedingly rejoiced when we came to the seashore; and we called the place Bountiful, because of its much fruit.

- 7 At ito ay nangyari na, na makaraang ako, si Nephi, ay nakapamalagi sa lupain ng Masagana sa loob ng maraming araw, ang tinig ng Panginoon ay nangusap sa akin, sinasabing: Bumangon ka, at umakyat ka sa bundok. At ito ay nangyari na, na ako ay bumangon at umakyat sa bundok, at nagsumamo sa Panginoon.
- 8 At ito ay nangyari na, na nangusap sa akin ang Panginoon, sinasabing: Ikaw ay gumawa ng isang sasakyang-dagat, alinsunod sa pamamaraang ipakikita ko sa iyo, upang maitawid ko ang iyong mga tao sa kabila ng mga tubig na ito.
- 9 At sinabi ko: Panginoon, saan po ako patutungo upang makatagpo ng inang minang tutunawin, upang makagawa ako ng mga kagamitan sa pagyari ng sasakyang-dagat alinsunod sa pamamaraang ipinakita ninyo sa akin?
- 10 At ito ay nangyari na, na sinabi sa akin ng Panginoon kung saan ako nararapat pumunta upang makatagpo ng inang mina, nang makagawa ako ng mga kagamitan.
- 11 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay gumawa ng bulusang pang-ihip sa apoy, na yari sa mga balat ng mga hayop; at matapos na ako ay makagawa ng bulusan, nang ako ay magkaroon ng pang-ihip sa apoy, pinagkiskis ko ang dalawang bato upang makapagpaningas ako ng apoy.
- 12 Sapagkat hindi kami pinahintulutan ng Panginoon na kami ay magpaningas ng maraming apoy, habang kami ay naglalakbay sa ilang; sapagkat sinabi niya: Gagawin kong matamis ang pagkain ninyo, nang hindi na ninyo ito iluto;
- 13 At ako rin ang magiging tanglaw ninyo sa ilang; at ihahanda ko ang landas na inyong tatahakin, kung mangyayaring inyong susundin ang mga kautusan ko; anupa't habang inyong sinusunod ang aking mga kautusan, kayo ay aakayin patungo sa lupang pangako; at malalaman ninyo na sa pamamagitan ko kayo ay naakay.
- 14 Oo, at sinabi rin ng Panginoon na: Matapos na kayo ay makarating sa lupang pangako, makikilala ninyo na Ako, ang Panginoon, ay Diyos; at na Ako, ang Panginoon, ang nagligtas sa inyo sa pagkalipol; oo, na inilabas ko kayo sa lupain ng Jerusalem.

And it came to pass that after I, Nephi, had been in the land of Bountiful for the space of many days, the voice of the Lord came unto me, saying: Arise, and get thee into the mountain. And it came to pass that I arose and went up into the mountain, and cried unto the Lord.

And it came to pass that the Lord spake unto me, saying: Thou shalt construct a ship, after the manner which I shall show thee, that I may carry thy people across these waters.

And I said: Lord, whither shall I go that I may find ore to molten, that I may make tools to construct the ship after the manner which thou hast shown unto me?

And it came to pass that the Lord told me whither I should go to find ore, that I might make tools.

And it came to pass that I, Nephi, did make a bellows wherewith to blow the fire, of the skins of beasts; and after I had made a bellows, that I might have wherewith to blow the fire, I did smite two stones together that I might make fire.

For the Lord had not hitherto suffered that we should make much fire, as we journeyed in the wilderness; for he said: I will make thy food become sweet, that ye cook it not;

And I will also be your light in the wilderness; and I will prepare the way before you, if it so be that ye shall keep my commandments; wherefore, inasmuch as ye shall keep my commandments ye shall be led towards the promised land; and ye shall know that it is by me that ye are led.

Yea, and the Lord said also that: After ye have arrived in the promised land, ye shall know that I, the Lord, am God; and that I, the Lord, did deliver you from destruction; yea, that I did bring you out of the land of Jerusalem.

- 15 Kaya nga, ako, si Nephi, ay nagsikap na sundin ang mga kautusan ng Panginoon, at pinayuhan ko ang aking mga kapatid tungo sa katapatan at pagsisikap.
- 16 At ito ay nangyari na, na ako ay gumawa ng mga kagamitang yari sa inang mina na tinunaw ko mula sa malaking bato.
- 17 At nang makita ng aking mga kapatid na ako ay magsisimulang gumawa ng sasakyang-dagat, sila ay nagsimulang bumulung-bulong laban sa akin, sinasabing: Ang ating kapatid ay isang hangal, sapagkat inaakala niya na siya ay makagagawa ng isang sasakyang-dagat; oo, at inaakala rin niyang makatatawid siya sa malawak na tubig na ito.
- 18 At sa gayon dumaing ang aking mga kapatid laban sa akin, at nagnais na huwag silang gumawa, sapagkat hindi sila naniwala na ako ay makagagawa ng isang sasakyang-dagat; ni sila ay maniwala na ako ay inatasan ng Panginoon.
- 19 At ngayon ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay labis na nalungkot dahil sa katigasan ng kanilang mga puso; at ngayon, nang mapuna nila na ako ay nagsimulang malungkot sila ay natuwa sa kanilang mga puso, kung kaya nga't sila ay nagsaya sa aking pagkalkungkot, sinasabing: Alam naming hindi mo kayang gumawa ng sasakyang-dagat, sapagkat alam naming kulang ka sa kaalaman, kaya nga, hindi mo kayang isagawa ang ganyang napakalaking gawain.
- 20 At ikaw ay katulad ng ating ama, nalinlang ng mga hangal na guni-guni ng kanyang puso; oo, inakay niya tayo palabas ng lupain ng Jerusalem, at tayo ay gumala-gala sa ilang sa maraming taong ito; at ang ating kababaihan ay nagpapakahirap, kahit na sila ay may dinadala sa sinapupunan; at sila ay nagsilang ng mga anak sa ilang at nagdanas ng lahat ng hirap, maliban sa kamatayan; at mabuti pang sila ay nangamatay bago sila lumisan sa Jerusalem kaysa nagdanas ng mga kahirapang ito.
- 21 Masdan, sa maraming taong ito, tayo ay nagdusa sa ilang, sa panahong maaari sana nating natamasa ang ating mga ari-arian at ang lupaing ating mana; oo, at tayo sana ay naging maligaya.

Wherefore, I, Nephi, did strive to keep the commandments of the Lord, and I did exhort my brethren to faithfulness and diligence.

And it came to pass that I did make tools of the ore which I did molten out of the rock.

And when my brethren saw that I was about to build a ship, they began to murmur against me, saying: Our brother is a fool, for he thinketh that he can build a ship; yea, and he also thinketh that he can cross these great waters.

And thus my brethren did complain against me, and were desirous that they might not labor, for they did not believe that I could build a ship; neither would they believe that I was instructed of the Lord.

And now it came to pass that I, Nephi, was exceedingly sorrowful because of the hardness of their hearts; and now when they saw that I began to be sorrowful they were glad in their hearts, insomuch that they did rejoice over me, saying: We knew that ye could not construct a ship, for we knew that ye were lacking in judgment; wherefore, thou canst not accomplish so great a work.

And thou art like unto our father, led away by the foolish imaginations of his heart; yea, he hath led us out of the land of Jerusalem, and we have wandered in the wilderness for these many years; and our women have toiled, being big with child; and they have borne children in the wilderness and suffered all things, save it were death; and it would have been better that they had died before they came out of Jerusalem than to have suffered these afflictions.

Behold, these many years we have suffered in the wilderness, which time we might have enjoyed our possessions and the land of our inheritance; yea, and we might have been happy.



- 22 At alam namin na ang mga taong nasa lupain ng Jerusalem ay mabubuting tao; sapagkat kanilang sinunod ang mga batas at kahatulan ng Panginoon, at lahat ng kanyang kautusan, alinsunod sa mga batas ni Moises; kaya nga, alam namin na sila ay mabubuting tao; at hinatulan sila ng ating ama, at inilayo tayo sapagkat nakinig tayo sa kanyang mga salita; oo, at ang ating kapatid ay katulad niya. At sa ganitong pamamaraan ng pananalita ang mga kapatid ko ay bumulung-bulong at dumaing laban sa amin.
- 23 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay nangusap sa kanila, sinasabing: Naniniwala ba kayo na ang ating mga ama, na mga anak ni Israel, ay nailayo sa mga kamay ng mga taga-Egipto kung hindi sila nakinig sa mga salita ng Panginoon?
- 24 Oo, inaakala ba ninyong mahahango sila mula sa pagkaalipin, kung hindi nag-utos ang Panginoon kay Moises na hanguin sila mula sa pagkaalipin?
- 25 Ngayon alam ninyo na ang mga anak ni Israel ay nasa pagkaalipin; at alam ninyo na sila ay batbat ng mga gawain, na mahirap pasanin; anupa't alam ninyo na talagang isang mabuting bagay para sa kanila, na sila ay mahango mula sa pagkaalipin.
- 26 Ngayon alam ninyong si Moises ay inutusan ng Panginoon na gawin ang dakilang gawaing yaon; at alam ninyo na sa pamamagitan ng kanyang salita ang mga tubig ng Dagat na Pula ay nahati dito at doon, at sila ay tumawid sa tuyong lupa.
- 27 Subalit alam ninyo na ang mga taga-Egipto ay nangalunod sa Dagat na Pula, sila na mga hukbo ng Faraon.
- 28 At alam din ninyo na sila ay pinakain ng manna sa ilang.
- 29 Oo, at alam din ninyong hinampas ni Moises ang malaking bato, sa pamamagitan ng kanyang mga salita, alinsunod sa kapangyarihan ng Diyos na nasa kanya, at doon ay bumukal ang tubig, upang mapawi ng mga anak ni Israel ang kanilang uhaw.

And we know that the people who were in the land of Jerusalem were a righteous people; for they kept the statutes and judgments of the Lord, and all his commandments, according to the law of Moses; wherefore, we know that they are a righteous people; and our father hath judged them, and hath led us away because we would hearken unto his words; yea, and our brother is like unto him. And after this manner of language did my brethren murmur and complain against us.

And it came to pass that I, Nephi, spake unto them, saying: Do ye believe that our fathers, who were the children of Israel, would have been led away out of the hands of the Egyptians if they had not hearkened unto the words of the Lord?

Yea, do ye suppose that they would have been led out of bondage, if the Lord had not commanded Moses that he should lead them out of bondage?

Now ye know that the children of Israel were in bondage; and ye know that they were laden with tasks, which were grievous to be borne; wherefore, ye know that it must needs be a good thing for them, that they should be brought out of bondage.

Now ye know that Moses was commanded of the Lord to do that great work; and ye know that by his word the waters of the Red Sea were divided hither and thither, and they passed through on dry ground.

But ye know that the Egyptians were drowned in the Red Sea, who were the armies of Pharaoh.

And ye also know that they were fed with manna in the wilderness.

Yea, and ye also know that Moses, by his word according to the power of God which was in him, smote the rock, and there came forth water, that the children of Israel might quench their thirst.

30 At sa kabila ng sila ay inakay ng Panginoon nilang Diyos, na kanilang Manunubos, na nangunguna sa kanila, pinapatnubayan sila sa araw at nagbibigay-liwanag sa kanila sa gabi, at ginawa ang lahat ng bagay para sa kanila na kapaki-pakinabang na tanggapin ng tao, ay pinatigas nila ang kanilang mga puso at binulag ang kanilang mga isip, at nilait si Moises at ang tunay at buhay na Diyos.

31 At ito ay nangyari na, na alinsunod sa kanyang salita sila ay nilipol niya; at alinsunod sa kanyang salita sila ay pinatnubayan niya; at alinsunod sa kanyang salita ay ginawa niya ang lahat ng bagay para sa kanila; at walang anumang bagay ang naganap maliban sa pamamagitan ng kanyang salita.

32 At matapos na sila ay makatawid sa ilog Jordan sila ay ginawa niyang makapangyarihan tungo sa pagtataboy sa mga anak ng lupain, oo, hanggang sa magsipangalat sila sa pagkawasak.

33 At ngayon, inaakala ba ninyo na ang mga anak ng lupaing ito, na nasa lupang pangako, na naitaboy ng ating mga ama, inaakala ba ninyo na sila ay mabubuti? Masdan, sinasabi ko sa inyo, Hindi.

34 Inaakala ba ninyo na ang ating mga ama ay higit na pipiliin kaysa kanila kung sila ay naging mabubuti? Sinasabi ko sa inyo, Hindi.

35 Masdan, pantay ang pagpapahalaga ng Panginoon sa lahat ng tao; siya na mabuti ay pinagpapala ng Diyos. Subalit masdan, ang mga taong ito ay tinanggihan ang bawat salita ng Diyos, at sila ay hinog na sa kasamaan; at ang kaganapan ng poot ng Diyos ay napasakanila; at isinumpa ng Panginoon ang lupain laban sa kanila, at pinagpala ito para sa ating mga ama; oo, isinumpa niya ito laban sa kanila tungo sa kanilang pagkalipol, at pinagpala niya iyon para sa ating mga ama tungo sa kanilang pagtatamo ng kapangyarihan dito.

36 Masdan, nilikha ng Panginoon ang mundo upang ito ay matirahan; at nilikha niya ang kanyang mga anak upang magmay-ari nito.

37 At kanyang ibinabangon ang isang mabuting bansa, at winawasak ang mga bansa ng masasama.

38 At kanyang inakay palayo ang mabubuti patungo sa mga natatanging lupain, at ang masasama ay kanyang nililipol, at isinusumpa ang lupain sa kanila nang dahil sa kanila.

And notwithstanding they being led, the Lord their God, their Redeemer, going before them, leading them by day and giving light unto them by night, and doing all things for them which were expedient for man to receive, they hardened their hearts and blinded their minds, and reviled against Moses and against the true and living God.

And it came to pass that according to his word he did destroy them; and according to his word he did lead them; and according to his word he did do all things for them; and there was not any thing done save it were by his word.

And after they had crossed the river Jordan he did make them mighty unto the driving out of the children of the land, yea, unto the scattering them to destruction.

And now, do ye suppose that the children of this land, who were in the land of promise, who were driven out by our fathers, do ye suppose that they were righteous? Behold, I say unto you, Nay.

Do ye suppose that our fathers would have been more choice than they if they had been righteous? I say unto you, Nay.

Behold, the Lord esteemeth all flesh in one; he that is righteous is favored of God. But behold, this people had rejected every word of God, and they were ripe in iniquity; and the fulness of the wrath of God was upon them; and the Lord did curse the land against them, and bless it unto our fathers; yea, he did curse it against them unto their destruction, and he did bless it unto our fathers unto their obtaining power over it.

Behold, the Lord hath created the earth that it should be inhabited; and he hath created his children that they should possess it.

And he raiseth up a righteous nation, and destroyeth the nations of the wicked.

And he leadeth away the righteous into precious lands, and the wicked he destroyeth, and curseth the land unto them for their sakes.

- 39 Siya ay namamahala sa kaitaasan sa kalangitan, sapagkat ito ang kanyang trono, at ang lupang ito ang kanyang tuntungan.
- 40 At kanyang minamahal sila na mga tatanggap sa kanya bilang kanilang Diyos. Masdan, minahal niya ang ating mga ama, at siya ay nakipagtipan sa kanila, oo, maging kina Abraham, Isaac, at Jacob; at naalaala niya ang mga tipang kanyang ginawa; kaya nga, kanyang inilabas sila sa lupain ng Egipto.
- 41 At sila ay pinaghigpitan niya sa ilang sa pamamagitan ng kanyang pamalo; sapagkat pinatigas nila ang kanilang mga puso, maging katulad ninyo; at pinaghigpitan sila ng Panginoon dahil sa kanilang kasamaan. Nagpadala siya ng nagliliyab na mga ahas na lumilipad sa kanila; at matapos na matuklaw sila ay inihanda niya ang paraan upang sila ay gumaling; at ang gawaing dapat nilang tupdin ay tumingin; at dahil sa kagaanan ng paraan, o kadalihan nito, marami ang nangasawi.
- 42 At pinatigas nila ang kanilang mga puso sa panapanahon, at nilait nila si Moises, at gayon din ang Diyos; gayon pa man, alam ninyo na sila ay inakay ng kanyang hindi mapapantayang kapangyarihan patungo sa lupang pangako.
- 43 At ngayon, matapos ang lahat ng bagay na ito, sumapit ang panahon na sila ay naging masasama, oo, halos sa pagkahinog; at hindi ko alam subalit sa mga araw na ito sila ay malapit nang malipol; sapagkat alam kong tiyak na darating ang araw na sila ay tiyak na malilipol, maliban sa ilan lamang, na madadala sa pagkabihag.
- 44 Anupa't inutusan ng Panginoon ang aking ama na magtungo sa ilang; at ang mga Judio rin ay naghangad na kitlin ang kanyang buhay; oo, at kayo rin ay naghangad na kitlin ang kanyang buhay; kaya nga, kayo ay mga mamamatay-tao sa inyong mga puso at kayo ay katulad nila.

He ruleth high in the heavens, for it is his throne, and this earth is his footstool.

And he loveth those who will have him to be their God. Behold, he loved our fathers, and he covenanted with them, yea, even Abraham, Isaac, and Jacob; and he remembered the covenants which he had made; wherefore, he did bring them out of the land of Egypt.

And he did straiten them in the wilderness with his rod; for they hardened their hearts, even as ye have; and the Lord straitened them because of their iniquity. He sent fiery flying serpents among them; and after they were bitten he prepared a way that they might be healed; and the labor which they had to perform was to look; and because of the simplicity of the way, or the easiness of it, there were many who perished.

And they did harden their hearts from time to time, and they did revile against Moses, and also against God; nevertheless, ye know that they were led forth by his matchless power into the land of promise.

And now, after all these things, the time has come that they have become wicked, yea, nearly unto ripeness; and I know not but they are at this day about to be destroyed; for I know that the day must surely come that they must be destroyed, save a few only, who shall be led away into captivity.

Wherefore, the Lord commanded my father that he should depart into the wilderness; and the Jews also sought to take away his life; yea, and ye also have sought to take away his life; wherefore, ye are murderers in your hearts and ye are like unto them.

45 Kayo ay mabilis sa paggawa ng kasamaan subalit mabagal sa pag-aalaala sa Panginoon ninyong Diyos. Nakakita kayo ng isang anghel, at nangusap siya sa inyo; oo, manaka-naka ay narinig ninyo ang kanyang tinig; at siya ay nangusap sa inyo sa isang marahan at banayad na tinig, datapwat kayo ay manhid, kung kaya't hindi ninyo madama ang kanyang mga salita; kaya nga, siya ay nangusap sa inyo tulad ng tinig ng kulog, na nagpayanig sa lupa na parang ito ay mabibiyak.

46 At alam din ninyo na sa pamamagitan ng bisa ng kanyang makapangyarihang salita ay magagawa niyang ang mundo ay palipasin; oo, at alam ninyo na sa pamamagitan ng kanyang salita ay magagawa niyang ang mga baku-bakong pook ay maging makikinis, at ang makikinis na pook ay mawasak. O, kung gayon, bakit napakatigas ng inyong mga puso?

47 Masdan, ang aking kaluluwa ay ginigiyagis ng dalamhati dahil sa inyo, at ang aking puso ay nasasaktan; ako ay natatakot na baka kayo ay itakwil magpakailanman. Masdan, ako ay puspos ng Espiritu ng Diyos, kung kaya nga't ang aking katawan ay walang lakas.

48 At ngayon ito ay nangyari na, nang sabihin ko ang mga salitang ito sila ay nagalit sa akin, at nagnais na ihagis ako sa kailaliman ng dagat; at nang sila ay palapit na upang pagbuhatan ako ng kamay ako ay nangusap sa kanila, sinasabing: Sa pangalan ng Pinakamakapangyarihang Diyos, inuutusan ko kayong huwag ninyo akong salingin, sapagkat ako ay puspos ng kapangyarihan ng Diyos, maging hanggang sa pagkadaig ng aking laman; at sinuman ang magbubuhat ng kamay sa akin ay malalantang katulad ng tuyong tambo; at siya ay mawawalang-kabuluhan sa harapan ng kapangyarihan ng Diyos, sapagkat babagabagin siya ng Diyos.

49 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay nagsabi sa kanila na huwag na silang bumulung-bulong pa laban sa kanilang ama; ni huwag nilang ipagkait ang kanilang gawain sa akin, sapagkat ang Diyos ang siyang nag-utos sa akin na ako ay gumawa ng sasakyang-dagat.

Ye are swift to do iniquity but slow to remember the Lord your God. Ye have seen an angel, and he spake unto you; yea, ye have heard his voice from time to time; and he hath spoken unto you in a still small voice, but ye were past feeling, that ye could not feel his words; wherefore, he has spoken unto you like unto the voice of thunder, which did cause the earth to shake as if it were to divide asunder.

And ye also know that by the power of his almighty word he can cause the earth that it shall pass away; yea, and ye know that by his word he can cause the rough places to be made smooth, and smooth places shall be broken up. O, then, why is it, that ye can be so hard in your hearts?

Behold, my soul is rent with anguish because of you, and my heart is pained; I fear lest ye shall be cast off forever. Behold, I am full of the Spirit of God, insomuch that my frame has no strength.

And now it came to pass that when I had spoken these words they were angry with me, and were desirous to throw me into the depths of the sea; and as they came forth to lay their hands upon me I spake unto them, saying: In the name of the Almighty God, I command you that ye touch me not, for I am filled with the power of God, even unto the consuming of my flesh; and whoso shall lay his hands upon me shall wither even as a dried reed; and he shall be as naught before the power of God, for God shall smite him.

And it came to pass that I, Nephi, said unto them that they should murmur no more against their father; neither should they withhold their labor from me, for God had commanded me that I should build a ship.

50 At sinabi ko sa kanila: Kung Diyos ang nag-utos sa aking gawin ang lahat ng bagay ang mga yaon ay magagawa ko. Kung uutusan niya akong sabihin ko sa tubig na ito, ikaw ay maging lupa, ito ay magiging lupa; at kung ito ay sasabihin ko, ito ay mangyayari.

51 At ngayon, kung ang Panginoon ay may gayon kadakilang kapangyarihan, at makagagawa ng maraming himala sa mga anak ng tao, paanong hindi niya ako maaaring atasan, na ako ay gumawa ng sasakyang-dagat?

52 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay nangusap ng maraming bagay sa aking mga kapatid, kung kaya nga't sila ay nalito at hindi na nakipagtalo laban sa akin; ni hindi nila ako mapagbuhatan ng kanilang mga kamay o masaling ako ng kanilang mga daliri, maging sa loob ng maraming araw. Ngayon hindi sila nagtangkang gawin ito at baka maluoy sila sa harapan ko, lubhang napakalakas ng Espiritu ng Diyos; at ito ay nakapangyari sa kanila.

53 At ito ay nangyari na, na nangusap sa akin ang Panginoon: Iunat mong muli ang iyong mga kamay sa iyong mga kapatid, at sila ay hindi maluluoy sa harapan mo, datapwat panginginig ko sila, wika ng Panginoon, at ito ay gagawin ko, upang makilala nila na ako ang Panginoon nilang Diyos.

54 At ito ay nangyari na, na iniunat ko ang aking kamay sa aking mga kapatid, at sila ay hindi naluoy sa harapan ko; subalit pinanginig sila ng Panginoon, maging alinsunod sa salitang kanyang winika.

55 At ngayon, kanilang sinabi: Nalalaman namin nang may katiyakan na ang Panginoon ay sumasaiyo, sapagkat alam namin na ang kapangyarihan ng Panginoon ang yumanig sa amin. At sila ay nagpatirapa sa harapan ko, at ako ay sasambahin na sana, datapwat pinigilan ko sila, sinasabing: Ako ay inyong kapatid, oo, maging inyong nakababatang kapatid; kaya nga, sambahin ninyo ang Panginoon ninyong Diyos, at igalang ang inyong ama at inyong ina, nang humaba ang inyong mga araw sa lupaing ipagkakaloob sa inyo ng Panginoon ninyong Diyos.

And I said unto them: If God had commanded me to do all things I could do them. If he should command me that I should say unto this water, be thou earth, it should be earth; and if I should say it, it would be done.

And now, if the Lord has such great power, and has wrought so many miracles among the children of men, how is it that he cannot instruct me, that I should build a ship?

And it came to pass that I, Nephi, said many things unto my brethren, insomuch that they were confounded and could not contend against me; neither durst they lay their hands upon me nor touch me with their fingers, even for the space of many days. Now they durst not do this lest they should wither before me, so powerful was the Spirit of God; and thus it had wrought upon them.

And it came to pass that the Lord said unto me: Stretch forth thine hand again unto thy brethren, and they shall not wither before thee, but I will shock them, saith the Lord, and this will I do, that they may know that I am the Lord their God.

And it came to pass that I stretched forth my hand unto my brethren, and they did not wither before me; but the Lord did shake them, even according to the word which he had spoken.

And now, they said: We know of a surety that the Lord is with thee, for we know that it is the power of the Lord that has shaken us. And they fell down before me, and were about to worship me, but I would not suffer them, saying: I am thy brother, yea, even thy younger brother; wherefore, worship the Lord thy God, and honor thy father and thy mother, that thy days may be long in the land which the Lord thy God shall give thee.

## 1 Nephi 18

- 1 At ito ay nangyari na, na kanilang sinamba ang Panginoon, at sila ay humayong kasama ko; at kami ay gumawa ng mga kahoy na kakaiba ang kayarian. At ipinakita sa akin ng Panginoon sa pana-panahon kung sa anong pamamaraan nararapat kong gawin ang mga kahoy ng sasakyang-dagat.
- 2 Ngayon ako, si Nephi, ay hindi ginawa ang mga kahoy alinsunod sa pamamaraang natutuhan ng tao, ni aking binuo ang sasakyang-dagat alinsunod sa pamamaraan ng tao; kundi binuo ko ito alinsunod sa pamamaraang ipinakita ng Panginoon sa akin; kaya nga, hindi ito alinsunod sa pamamaraan ng tao.
- 3 At ako, si Nephi, ay madalas na umakyat sa bundok, at madalas akong nanalangin sa Panginoon; anupa't nagpakita sa akin ang Panginoon ng mga dakilang bagay.
- 4 At ito ay nangyari na, nang matapos ko ang sasakyang-dagat, alinsunod sa salita ng Panginoon, namasdan ng aking mga kapatid na ito ay kasiyasiya, at ang pagkakagawa niyon ay lubhang mahusay; kaya nga, nagpakumbaba silang muli sa harapan ng Panginoon.
- 5 At ito ay nangyari na, na ang tinig ng Panginoon ay nangusap sa aking ama, na kami ay nararapat bumangon at bumaba patungo sa sasakyang-dagat.
- 6 At ito ay nangyari na, na kinabukasan, matapos na maihanda namin ang lahat ng bagay, maraming bungang-kahoy at karne mula sa ilang, at saganang pulot, at mga panustos alinsunod sa iniutos sa amin ng Panginoon, kami ay bumaba patungo sa sasakyang-dagat, dala ang lahat ng aming daladalahan at mga binhi, at anumang bagay na daladala namin, bawat isa alinsunod sa kanyang gulang; samakatwid, bumaba kaming lahat patungo sa sasakyang-dagat, kasama ang aming mga asawa't anak.
- 7 At ngayon, isinilang sa aking ama ang dalawang anak na lalaki sa ilang; ang nakatatanda ay tinawag na Jacob at ang nakababata ay Jose.
- 8 At ito ay nangyari na, na matapos na kaming lahat ay makalulan sa sasakyang-dagat, at madala ang aming mga panustos at bagay na iniutos sa amin, kami ay naglayag sa dagat at itinaboy ng hangin patungo sa lupang pangako.

## 1 Nephi 18

And it came to pass that they did worship the Lord, and did go forth with me; and we did work timbers of curious workmanship. And the Lord did show me from time to time after what manner I should work the timbers of the ship.

Now I, Nephi, did not work the timbers after the manner which was learned by men, neither did I build the ship after the manner of men; but I did build it after the manner which the Lord had shown unto me; wherefore, it was not after the manner of men.

And I, Nephi, did go into the mount oft, and I did pray oft unto the Lord; wherefore the Lord showed unto me great things.

And it came to pass that after I had finished the ship, according to the word of the Lord, my brethren beheld that it was good, and that the workmanship thereof was exceedingly fine; wherefore, they did humble themselves again before the Lord.

And it came to pass that the voice of the Lord came unto my father, that we should arise and go down into the ship.

And it came to pass that on the morrow, after we had prepared all things, much fruits and meat from the wilderness, and honey in abundance, and provisions according to that which the Lord had commanded us, we did go down into the ship, with all our loading and our seeds, and whatsoever thing we had brought with us, every one according to his age; wherefore, we did all go down into the ship, with our wives and our children.

And now, my father had begat two sons in the wilderness; the elder was called Jacob and the younger Joseph.

And it came to pass after we had all gone down into the ship, and had taken with us our provisions and things which had been commanded us, we did put forth into the sea and were driven forth before the wind towards the promised land.

- 9 At makaraang kami ay maitaboy ng hangin sa loob ng maraming araw, masdan, ang aking mga kapatid at ang mga anak na lalaki ni Ismael at gayon din ang kanilang mga asawa ay nagsimulang magsaya, kung kaya nga't sila ay nagsimulang sumayaw, at umawit, at magsalita nang may labis na kagaspangan, oo, maging hanggang sa kanilang malimutan sa anong kapangyarihan sila nadala roon; oo, sila ay natangay sa labis na kagaspangan.
- 10 At ako, si Nephi, ay nagsimulang matakot nang labis na baka ang Panginoon ay magalit sa amin, at bagabagin kami dahil sa aming kasamaan, na kami ay malulon sa kailaliman ng dagat; kaya nga, ako, si Nephi, ay nagsimulang magsalita sa kanila nang mahinahon; subalit masdan, sila ay nagalit sa akin, sinasabing: Ayaw namin na ang aming nakababatang kapatid ang siyang mamuno sa amin.
- 11 At ito ay nangyari na, na sinunggaban ako nina Laman at Lemuel at iginapos ako sa pamamagitan ng mga lubid, at sila ay labis na nagmalupit sa akin; gayon pa man, pinahintulutan ito ng Panginoon upang maipakita niya ang kanyang kapangyarihan, tungo sa katuparan ng kanyang salita na sinabi niya hinggil sa masasama.
- 12 At ito ay nangyari na, na matapos nila akong igapos kung kaya nga't hindi ako makagalaw, ang aguhon, na inihanda ng Panginoon, ay tumigil sa paggalaw.
- 13 Anupa't, hindi nila malaman kung saan nila nararapat isuling ang sasakyang-dagat, hanggang sa may namuong isang malakas na bagyo, oo, isang malakas at nakasisindak na bagyo, at kami ay itinaboy pabalik sa ibabaw ng mga tubig sa loob ng tatlong araw; at sila ay nagsimulang matakot nang labis na baka sila ay malunod sa dagat; gayunpaman, hindi nila ako kinalagan.
- 14 At sa ikaapat na araw, na kami ay itinaboy pabalik, ang bagyo ay nagsimulang maging lalong matindi.

And after we had been driven forth before the wind for the space of many days, behold, my brethren and the sons of Ishmael and also their wives began to make themselves merry, insomuch that they began to dance, and to sing, and to speak with much rudeness, yea, even that they did forget by what power they had been brought thither; yea, they were lifted up unto exceeding rudeness.

And I, Nephi, began to fear exceedingly lest the Lord should be angry with us, and smite us because of our iniquity, that we should be swallowed up in the depths of the sea; wherefore, I, Nephi, began to speak to them with much soberness; but behold they were angry with me, saying: We will not that our younger brother shall be a ruler over us.

And it came to pass that Laman and Lemuel did take me and bind me with cords, and they did treat me with much harshness; nevertheless, the Lord did suffer it that he might show forth his power, unto the fulfilling of his word which he had spoken concerning the wicked.

And it came to pass that after they had bound me insomuch that I could not move, the compass, which had been prepared of the Lord, did cease to work.

Wherefore, they knew not whither they should steer the ship, insomuch that there arose a great storm, yea, a great and terrible tempest, and we were driven back upon the waters for the space of three days; and they began to be frightened exceedingly lest they should be drowned in the sea; nevertheless they did not loose me.

And on the fourth day, which we had been driven back, the tempest began to be exceedingly sore.

15 At ito ay nangyari na, na kami ay halos malulon na sa kailaliman ng dagat. At makaraang kami ay itaboy pabalik sa ibabaw ng mga tubig sa loob ng apat na araw, nagsimulang matanto ng aking mga kapatid na ang mga kahatulan ng Diyos ay napasakanila, at sila ay tiyak na masasawi maliban kung sila ay magsisisi sa kanilang mga kasamaan; kaya nga, lumapit sila sa akin, at kinalag ang mga gapos sa aking mga galanggalangan, at masdan, ang mga ito ay labis na namaga; at gayon din, ang aking bukung-bukong ay lubhang namaga, at labis ang pananakit niyon.

16 Gayunpaman, ako ay umasa sa aking Diyos, at pinapurihan siya sa buong maghapon; at hindi ako bumulung-bulong laban sa Panginoon dahil sa aking mga paghihirap.

17 Ngayon, ang aking ama, si Lehi, ay nangusap ng maraming bagay sa kanila, at gayon din sa mga anak na lalaki ni Ismael; subalit masdan, sila ay nangusap ng maraming pananakot laban sa sinumang magsasalita para sa akin; at ang aking mga magulang na matatanda na, at nagdanas ng lubhang maraming pagdadalamhati dahil sa kanilang mga anak, sila ay naratay, oo, maging sa kanilang higaan.

18 Dahil sa kanilang pagdadalamhati at labis na kalungkutan, at sa kasamaan ng aking mga kapatid, sila ay nalapit sa kalagayang halos ay muntik nang makipagkita sa kanilang Diyos; oo, ang kanilang mapuputing buhok ay malapit nang humimlay sa alabok; oo, maging hanggang sa sila ay halos muntik nang maihulog nang may kalungkutan sa matubig na libingan.

19 At si Jacob gayon din si Jose, sapagkat mga bata pa, na nangangailangan ng hustong pagkandili, ay nagdalamhati dahil sa mga paghihirap ng kanilang ina; at gayon din ang mga luha ng aking asawa at kanyang pagsusumamo, at ng akin ding mga anak, ay hindi nakapagpalambot ng mga puso ng aking mga kapatid upang ako ay kalagan nila.

20 At walang iba maliban sa kapangyarihan ng Diyos, na nagbanta sa kanila ng pagkalipol, ang maaaring makapagpalambot sa kanilang mga puso; anupa't nang kanilang mapagtanto na sila ay malapit nang malulon sa kailaliman ng dagat na pinagsisihan nila ang bagay na kanilang ginawa, kung kaya nga't ako ay kinalagan nila.

And it came to pass that we were about to be swallowed up in the depths of the sea. And after we had been driven back upon the waters for the space of four days, my brethren began to see that the judgments of God were upon them, and that they must perish save that they should repent of their iniquities; wherefore, they came unto me, and loosed the bands which were upon my wrists, and behold they had swollen exceedingly; and also mine ankles were much swollen, and great was the soreness thereof.

Nevertheless, I did look unto my God, and I did praise him all the day long; and I did not murmur against the Lord because of mine afflictions.

Now my father, Lehi, had said many things unto them, and also unto the sons of Ishmael; but, behold, they did breathe out much threatenings against anyone that should speak for me; and my parents being stricken in years, and having suffered much grief because of their children, they were brought down, yea, even upon their sick-beds.

Because of their grief and much sorrow, and the iniquity of my brethren, they were brought near even to be carried out of this time to meet their God; yea, their grey hairs were about to be brought down to lie low in the dust; yea, even they were near to be cast with sorrow into a watery grave.

And Jacob and Joseph also, being young, having need of much nourishment, were grieved because of the afflictions of their mother; and also my wife with her tears and prayers, and also my children, did not soften the hearts of my brethren that they would loose me.

And there was nothing save it were the power of God, which threatened them with destruction, could soften their hearts; wherefore, when they saw that they were about to be swallowed up in the depths of the sea they repented of the thing which they had done, insomuch that they loosed me.



- 21 At ito ay nangyari na, na matapos na ako ay kalagan nila, masdan, kinuha ko ang aguhon, at ito ay gumalaw kahit saan ko man naisin. At ito ay nangyari na, na ako ay nanalangin sa Panginoon; at makaraang ako ay makapanalangin, ang hangin ay huminto, at ang bagyo ay tumigil, at nagkaroon ng ganap na katiwasayan.
- 22 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ang umugit sa sasakyang-dagat, na kami ay naglayag na muli patungo sa lupang pangako.
- 23 At ito ay nangyari na, na makaraang kami ay makapaglayag sa loob ng maraming araw kami ay sumapit sa lupang pangako; at kami ay dumaong sa lupa, at nagtayo ng aming mga tolda; at tinawag namin itong lupang pangako.
- 24 At ito ay nangyari na, na nagsimula kaming magbungkal ng lupa, at kami ay nagsimulang magtanim ng mga binhi; oo, itinanim namin ang lahat ng aming binhi sa lupa, na aming dinala buhat sa lupain ng Jerusalem. At ito ay nangyari na, na ang mga yaon ay lubhang nagsiyabong; anupa't kami ay pinagpala nang sagana.
- 25 At ito ay nangyari na, na aming natagpuan sa lupang pangako, sa aming paglalakbay sa ilang, na may lahat ng uri ng hayop sa kagubatan, kapwa ng baka at ng toro, at ng asno at ng kabayo, at ang kambing at ang mailap na kambing, at lahat ng uri ng mababangis na hayop, na para sa gamit ng tao. At aming natagpuan ang lahat ng uri ng inang mina, kapwa ng ginto, at ng pilak, at ng tanso.

And it came to pass after they had loosed me, behold, I took the compass, and it did work whither I desired it. And it came to pass that I prayed unto the Lord; and after I had prayed the winds did cease, and the storm did cease, and there was a great calm.

And it came to pass that I, Nephi, did guide the ship, that we sailed again towards the promised land.

And it came to pass that after we had sailed for the space of many days we did arrive at the promised land; and we went forth upon the land, and did pitch our tents; and we did call it the promised land.

And it came to pass that we did begin to till the earth, and we began to plant seeds; yea, we did put all our seeds into the earth, which we had brought from the land of Jerusalem. And it came to pass that they did grow exceedingly; wherefore, we were blessed in abundance.

And it came to pass that we did find upon the land of promise, as we journeyed in the wilderness, that there were beasts in the forests of every kind, both the cow and the ox, and the ass and the horse, and the goat and the wild goat, and all manner of wild animals, which were for the use of men. And we did find all manner of ore, both of gold, and of silver, and of copper.

## 1 Nephi 19

- 1 At ito ay nangyari na, na napag-utusan ako ng Panginoon, kaya nga gumawa ako ng mga laminang yari sa inang mina upang maiukit ko sa mga yaon ang talaan ng aking mga tao. At sa mga laminang aking ginawa ay iniukit ko ang talaan ng aking ama, at gayon din ang aming mga paglalakbay sa ilang, at ang mga propesiya ng aking ama; at gayon din iniukit ko sa mga yaon ang marami sa sarili kong mga propesiya.
- 2 At hindi ko nalalaman sa panahong iyon nang gawin ko ang mga yaon na uutusan ako ng Panginoong gawin ang mga laminang ito; anupa't ang talaan ng aking ama, at ang talaangkanan ng kanyang mga ama, at ang malaking bahagi ng lahat ng nangyari sa amin sa ilang ay nauukit sa mga naunang lamina na aking sinabi; kaya nga, ang mga bagay na nangyari bago ko nagawa ang mga laminang ito ay, sa katunayan, higit na nababanggit sa mga naunang lamina.
- 3 At matapos kong magawa ang mga laminang ito sa pamamagitan ng kautusan, ako, si Nephi, ay nakatanggap ng kautusan na ang ministeryo at ang mga propesiya, ang higit na malilina at mahahalagang bahagi ng mga yaon, ay nararapat isulat sa mga laminang ito; at na ang mga bagay na nasusulat ay nararapat na pag-ingatan para sa kaalaman ng aking mga tao, na aangkin sa lupain, at sa iba pa ring matatalinong layunin, na mga layuning nalalaman ng Panginoon.
- 4 Kaya nga, ako, si Nephi, ay gumawa ng talaan sa iba pang mga lamina, na nagbibigay ng ulat, o nagbibigay ng nakararaming ulat ng mga digmaan at alitan at pagkalipol ng aking mga tao. At ginawa ko ito, at inutusan ang aking mga tao kung ano ang kanilang nararapat gawin matapos ang aking pagpanaw; at na ang mga laminang ito ay nararapat na magpasalin-salin mula sa isang salinlahi at sa iba pang salinlahi, o mula sa isang propeta at sa iba pang propeta, hanggang sa magbigay pa ng kautusan ang Panginoon.

## 1 Nephi 19

And it came to pass that the Lord commanded me, wherefore I did make plates of ore that I might engraven upon them the record of my people. And upon the plates which I made I did engraven the record of my father, and also our journeyings in the wilderness, and the prophecies of my father; and also many of mine own prophecies have I engraven upon them.

And I knew not at the time when I made them that I should be commanded of the Lord to make these plates; wherefore, the record of my father, and the genealogy of his fathers, and the more part of all our proceedings in the wilderness are engraven upon those first plates of which I have spoken; wherefore, the things which transpired before I made these plates are, of a truth, more particularly made mention upon the first plates.

And after I had made these plates by way of commandment, I, Nephi, received a commandment that the ministry and the prophecies, the more plain and precious parts of them, should be written upon these plates; and that the things which were written should be kept for the instruction of my people, who should possess the land, and also for other wise purposes, which purposes are known unto the Lord.

Wherefore, I, Nephi, did make a record upon the other plates, which gives an account, or which gives a greater account of the wars and contentions and destructions of my people. And this have I done, and commanded my people what they should do after I was gone; and that these plates should be handed down from one generation to another, or from one prophet to another, until further commandments of the Lord.

- 5 At ang ulat ng paggawa ko ng mga laminang ito ay ibibigay pagkaraan nito; at pagkatapos, masdan, magpapatuloy ako alinsunod sa aking sinabi; at ginagawa ko ito upang maingat ang higit na banal na mga bagay para sa kaalaman ng aking mga tao.
- 6 Gayon pa man, hindi ako sumusulat ng anumang bagay sa mga lamina kundi rin lamang inaakala kong ito ay banal. At ngayon, kung nagkamali man ako, maging sila ay nagkamali rin noon; hindi sa nagdadahilan ako dahil sa ibang tao, kundi dahil sa aking sariling kahinaan, ayon sa laman, papaumanhinan ko ang aking sarili.
- 7 Sapagkat ang mga bagay na ipinalalagay ng ibang tao na napakahalaga, kapwa sa katawan at sa kaluluwa, ay pinawawalang-saysay ng iba at niyuyurakan sa ilalim ng kanilang mga paa. Oo, maging ang yaon ding Diyos ng Israel ay niyuyurakan ng mga tao sa ilalim ng kanilang mga paa; sinasabi ko, niyuyurakan sa ilalim ng kanilang mga paa subalit gagamit ako ng ibang pananalita—siya ay kanilang winalang-saysay, at hindi pinakikinggan ang tinig ng kanyang mga payo.
- 8 At masdan, paparito siya, ayon sa mga salita ng anghel, sa loob ng anim na raang taon mula nang lisanin ng aking ama ang Jerusalem.
- 9 At ang sanlibutan, dahil sa kanilang kasamaan, ay hahatulan siyang isang bagay na walang saysay; anupa't kanilang hahagupitin siya, at titiisin niya ito; at kanilang sasampalin siya, at titiisin niya ito. Oo, kanilang luluraan siya, at titiisin niya ito, dahil sa kanyang mapagkandiling pagmamahal at mahabang pagtitiis sa mga anak ng tao.
- 10 At ang Diyos ng ating mga ama, na inakay palabas ng Egipto, mula sa pagkaalipin, at pinangalagaan din niya sa ilang, oo, ang Diyos ni Abraham, at ni Isaac, at ang Diyos ni Jacob ay isinuko ang kanyang sarili, ayon sa mga salita ng anghel, bilang isang tao, sa mga kamay ng masasamang tao, na itataas, ayon sa mga salita ni Zenok, at ipapako sa krus, ayon sa mga salita ni Neum, at ililibing sa isang puntod, ayon sa mga salita ni Zenos, na kanyang sinabi hinggil sa tatlong araw ng kadiliman, na ibibigay bilang palatandaan ng kanyang kamatayan sa mga yaong naninirahan sa mga pulo sa dagat, ibinigay lalunglalo na sa mga yaong kabilang sa sambahayan ni Israel.

And an account of my making these plates shall be given hereafter; and then, behold, I proceed according to that which I have spoken; and this I do that the more sacred things may be kept for the knowledge of my people.

Nevertheless, I do not write anything upon plates save it be that I think it be sacred. And now, if I do err, even did they err of old; not that I would excuse myself because of other men, but because of the weakness which is in me, according to the flesh, I would excuse myself.

For the things which some men esteem to be of great worth, both to the body and soul, others set at naught and trample under their feet. Yea, even the very God of Israel do men trample under their feet; I say, trample under their feet but I would speak in other words—they set him at naught, and hearken not to the voice of his counsels.

And behold he cometh, according to the words of the angel, in six hundred years from the time my father left Jerusalem.

And the world, because of their iniquity, shall judge him to be a thing of naught; wherefore they scourge him, and he suffereth it; and they smite him, and he suffereth it. Yea, they spit upon him, and he suffereth it, because of his loving kindness and his long-suffering towards the children of men.

And the God of our fathers, who were led out of Egypt, out of bondage, and also were preserved in the wilderness by him, yea, the God of Abraham, and of Isaac, and the God of Jacob, yieldeth himself, according to the words of the angel, as a man, into the hands of wicked men, to be lifted up, according to the words of Zenock, and to be crucified, according to the words of Neum, and to be buried in a sepulchre, according to the words of Zenos, which he spake concerning the three days of darkness, which should be a sign given of his death unto those who should inhabit the isles of the sea, more especially given unto those who are of the house of Israel.

- 11 Sapagkat ganito ang wika ng propeta: Tunay na dadalawin ng Panginoong Diyos ang buong sambahayan ni Israel sa araw na yaon, ang ilan ay sa pamamagitan ng kanyang tinig, dahil sa kanilang kabutihan, tungo sa kanilang lubos na kagalakan at kaligtasan, at ang iba ay sa pamamagitan ng pagkulong at ng pagkidlat sa kanyang kapangyarihan, sa pamamagitan ng bagyo, sa pamamagitan ng apoy, at sa pamamagitan ng usok, at ulap ng kadiliman, at sa pamamagitan ng pagbubukas ng lupa, at ng mga bundok na itataas.
- 12 At ang lahat ng bagay na ito ay tiyak na matutupad, wika ng propetang si Zenos. At ang malalaking bato sa mundo ay talagang mangabibiyak; at dahil sa paghahaluyhoy ng mundo, marami sa mga hari ng mga pulo sa dagat ang mahihimok ng Espiritu ng Diyos, na magbulalas: Ang Diyos ng kalikasan ay nagdurusa.
- 13 At tungkol sa mga yaong nasa Jerusalem, wika ng propeta, pahihirapan sila ng lahat ng tao, dahil ipinako nila sa krus ang Diyos ng Israel, at tinalikuran ng kanilang mga puso, tinanggihan ang mga palatandaan at himala, at ang kapangyarihan at kaluwalhatian ng Diyos ng Israel.
- 14 At sapagkat tumalikod ang kanilang mga puso, wika ng propeta, at kinamuhian ang Banal ng Israel, sila ay magpapagala-gala sa laman, at masasawi, at magiging bulung-bulungan at bukambibig, at kapopootan ng lahat ng bansa.
- 15 Gayon pa man, kapag dumating ang araw na yaon, wika ng propeta, na hindi na nila itatalikod ang kanilang mga puso sa Banal ng Israel, doon niya maaalaala ang mga tipan na kanyang ginawa sa kanilang mga ama.
- 16 Oo, doon niya maaalaala ang mga pulo ng dagat; oo, at lahat ng taong kabilang sa sambahayan ni Israel ay aking titipunin, wika ng Panginoon, ayon sa mga salita ng propetang si Zenos, mula sa apat na sulok ng mundo.
- 17 Oo, at makikita ng buong sangkatauhan ang kaligtasan ng Panginoon, wika ng propeta; bawat bansa, lahi, wika at tao ay pagpapalain.
- 18 At ako, si Nephi, ay isinulat ang mga bagay na ito para sa aking mga tao, na baka sakaling mahikayat ko sila na alalahanin nila ang Panginoon, na kanilang Manunubos.

For thus spake the prophet: The Lord God surely shall visit all the house of Israel at that day, some with his voice, because of their righteousness, unto their great joy and salvation, and others with the thunderings and the lightnings of his power, by tempest, by fire, and by smoke, and vapor of darkness, and by the opening of the earth, and by mountains which shall be carried up.

And all these things must surely come, saith the prophet Zenos. And the rocks of the earth must rend; and because of the groanings of the earth, many of the kings of the isles of the sea shall be wrought upon by the Spirit of God, to exclaim: The God of nature suffers.

And as for those who are at Jerusalem, saith the prophet, they shall be scourged by all people, because they crucify the God of Israel, and turn their hearts aside, rejecting signs and wonders, and the power and glory of the God of Israel.

And because they turn their hearts aside, saith the prophet, and have despised the Holy One of Israel, they shall wander in the flesh, and perish, and become a hiss and a byword, and be hated among all nations.

Nevertheless, when that day cometh, saith the prophet, that they no more turn aside their hearts against the Holy One of Israel, then will he remember the covenants which he made to their fathers.

Yea, then will he remember the isles of the sea; yea, and all the people who are of the house of Israel, will I gather in, saith the Lord, according to the words of the prophet Zenos, from the four quarters of the earth.

Yea, and all the earth shall see the salvation of the Lord, saith the prophet; every nation, kindred, tongue and people shall be blessed.

And I, Nephi, have written these things unto my people, that perhaps I might persuade them that they would remember the Lord their Redeemer.

- 19 Samakatwid, nagsasalita ako sa buong sambahayan ni Israel, kung sakali mang makuha nila ang mga bagay na ito.
- 20 Sapagkat masdan, may pamamatnubay ang Espiritu sa akin, na pumapagod sa akin hanggang sa manghina ang lahat ng aking kasu-kasuan, para sa mga yaong nasa Jerusalem; sapagkat kung hindi naging maawain ang Panginoon, na ipakita sa akin ang hinggil sa kanila, maging tulad sa kanyang mga propeta noon, ako rin sana ay nasawi na.
- 21 At tunay na ipinakita niya sa mga sinaunang propeta ang lahat ng bagay hinggil sa kanila; at ipinakita rin niya sa marami ang hinggil sa amin; anupa't talagang kinakailangan lamang na malaman namin ang hinggil sa kanila sapagkat nasusulat sila sa mga laminang tanso.
- 22 Ngayon ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay itinuro sa aking mga kapatid ang mga bagay na ito; at ito ay nangyari na, na maraming bagay ang aking binasa sa kanila, na nakaukit sa mga laminang tanso, upang malaman nila ang hinggil sa mga gawain ng Panginoon sa ibang lupain, sa mga tao noon.
- 23 At binasa ko sa kanila ang maraming bagay na nasusulat sa mga aklat ni Moises; subalit upang lubos ko silang mahikayat na maniwala sa Panginoon nilang Manunubos ay binasa ko sa kanila ang mga isinulat ng propetang si Isaias; sapagkat inihahalintulad ko sa amin ang lahat ng banal na kasulatan, upang ito ay maging para sa aming kapakinabangan at kaalaman.
- 24 Kaya nga, nangusap ako sa kanila, sinasabing: Pakinggan ninyo ang mga salita ng propeta, kayo na mga labi ng sambahayan ni Israel, isang sangang binali; pakinggan ninyo ang mga salita ng propeta, na isinulat para sa buong sambahayan ni Israel, at ihalintulad yaon sa inyong sarili, upang magkaroon kayo ng pag-asa gayon din ang inyong mga kapatid na kung kanino kayo ay inihiwalay; sapagkat sa ganitong kaparaanan ito isinulat ng propeta.

Wherefore, I speak unto all the house of Israel, if it so be that they should obtain these things.

For behold, I have workings in the spirit, which doth weary me even that all my joints are weak, for those who are at Jerusalem; for had not the Lord been merciful, to show unto me concerning them, even as he had prophets of old, I should have perished also.

And he surely did show unto the prophets of old all things concerning them; and also he did show unto many concerning us; wherefore, it must needs be that we know concerning them for they are written upon the plates of brass.

Now it came to pass that I, Nephi, did teach my brethren these things; and it came to pass that I did read many things to them, which were engraven upon the plates of brass, that they might know concerning the doings of the Lord in other lands, among people of old.

And I did read many things unto them which were written in the books of Moses; but that I might more fully persuade them to believe in the Lord their Redeemer I did read unto them that which was written by the prophet Isaiah; for I did liken all scriptures unto us, that it might be for our profit and learning.

Wherefore I spake unto them, saying: Hear ye the words of the prophet, ye who are a remnant of the house of Israel, a branch who have been broken off; hear ye the words of the prophet, which were written unto all the house of Israel, and liken them unto yourselves, that ye may have hope as well as your brethren from whom ye have been broken off; for after this manner has the prophet written.

## 1 Nephi 20

- 1 Makinig at masdan ito, O sambahayan ni Jacob, na tinatawag sa pangalang Israel, at nagsilabas mula sa mga bukal ng Juda, o mula sa mga tubig ng pagbibinyag, na nagsisumpa sa pangalan ng Panginoon, at nagsibanggit ng Diyos ng Israel, datapwat hindi sila nagsisumpa sa katotohanan ni sa katwiran.
- 2 Gayon pa man, tinatawag nila ang kanilang sarili alinsunod sa pangalan ng banal na lunsod, subalit hindi sila nanalig sa Diyos ng Israel, na Panginoon ng mga Hukbo; oo, ang Panginoon ng mga Hukbo ang kanyang pangalan.
- 3 Masdan, aking ipinahayag ang mga dating bagay mula noong una; at yaon ay lumabas mula sa aking bibig, at aking ipinakilala sila. Bigla kong ipinakita sila.
- 4 At ginawa ko ito dahil sa nalalaman ko na ikaw ay mapagmatigas, at ang iyong leeg ay parang litid na bakal, at ang iyong noo ay parang tanso.
- 5 Kaya't aking ipinahayag sa iyo mula pa noong una; bago ito nangyari ay ipinakita ko na ang mga yaon sa iyo; at ipinakita ko ang mga yaon dahil sa pangambang baka iyong sabihin—Ginawa ito ng aking mga diyus-diyusan, at ng aking nililok na larawan, at ang aking larawang binubo ang siyang nag-utos niyaon.
- 6 Iyong nakita at narinig ang lahat ng ito; at hindi ba ninyo ihahayag ang mga ito? At aking ipinakita sa inyo ang mga bagong bagay mula sa panahong ito, maging mga kubling bagay, at hindi mo nalaman ang mga ito.
- 7 Nilikha ngayon ang mga ito, at hindi noong panahong nakalipas, maging bago dumating ang araw na ito ay hindi mo narinig na ang mga yaon ay ipinahayag sa iyo, baka iyong sabihin—Masdan, aking nalalaman ang mga yaon.
- 8 Oo, at hindi mo narinig; oo, hindi mo nalalaman; oo, mula noon pa ay hindi nabuksan ang iyong tainga; sapagkat nalalaman ko na ikaw ay gumawa ng totoong may kataksilan, at tinawag na makasalanan mula sa sinapupunan.
- 9 Gayon pa man, alang-alang sa aking pangalan ay aking pinipigil ang aking galit, at dahil sa kapurihan ko ay magtitimpi sa iyo, upang hindi kita ihiwalay.

## 1 Nephi 20

Hearken and hear this, O house of Jacob, who are called by the name of Israel, and are come forth out of the waters of Judah, or out of the waters of baptism, who swear by the name of the Lord, and make mention of the God of Israel, yet they swear not in truth nor in righteousness.

Nevertheless, they call themselves of the holy city, but they do not stay themselves upon the God of Israel, who is the Lord of Hosts; yea, the Lord of Hosts is his name.

Behold, I have declared the former things from the beginning; and they went forth out of my mouth, and I showed them. I did show them suddenly.

And I did it because I knew that thou art obstinate, and thy neck is an iron sinew, and thy brow brass;

And I have even from the beginning declared to thee; before it came to pass I showed them thee; and I showed them for fear lest thou shouldst say—Mine idol hath done them, and my graven image, and my molten image hath commanded them.

Thou hast seen and heard all this; and will ye not declare them? And that I have showed thee new things from this time, even hidden things, and thou didst not know them.

They are created now, and not from the beginning, even before the day when thou heardest them not they were declared unto thee, lest thou shouldst say—Behold I knew them.

Yea, and thou heardest not; yea, thou knewest not; yea, from that time thine ear was not opened; for I knew that thou wouldst deal very treacherously, and wast called a transgressor from the womb.

Nevertheless, for my name's sake will I defer mine anger, and for my praise will I refrain from thee, that I cut thee not off.

10 Sapagkat, masdan, dinalisay kita, pinili kita mula sa hurno ng paghihirap.

11 Dahil din sa akin, oo, dahil din sa akin, aking gagawin yaon, sapagkat hindi ko pahihintulutang lapastanganin ang aking pangalan, at ang kaluwalhatian ko ay hindi ko ibibigay sa iba.

12 Inyong masdan ako, O Jacob, at Israel na tinawag ko, sapagkat ako nga; ako ang una, at ako rin ang huli.

13 Ang aking kamay ang siyang naglagay ng saligan ng mundo, at ang aking kanang kamay ang siyang nagladlad ng kalangitan. Ako ay tumatawag sa kanila at sila ay nagsisitayong magkakasama.

14 Kayong lahat, kayo'y magtipun-tipon, at masdan; sino sa kanila ang nagpahayag ng mga bagay na ito sa kanila? Siya ay iniibig ng Panginoon; oo, at kanyang tutuparin ang kanyang mga salita na kanyang ipinahayag sa pamamagitan nila; at kanyang gagawin ang kanyang ikasisiya sa Babilonia, at ang kanyang bisig ay ipapataw sa mga taga-Caldeo.

15 Gayon din, wika ng Panginoon; Ako ang Panginoon, oo, ako ay nagsalita; oo, tinawag ko siya na magpahayag, aking dinala siya, at kanyang pagiginhawain ang kanyang mga gawain.

16 Kayo ay magsilapit sa akin; hindi pa ako nagsalita nang lihim; mula pa sa simula, mula sa panahong ipinahayag ito ako ay nagsalita; at ang Panginoong Diyos, at kanyang Espiritu, ang nagsugo sa akin.

17 At ganito ang wika ng Panginoon, ang inyong Manunubos, ang Banal ng Israel; isinugo ko siya, ang Panginoon mong Diyos na nagtuturo sa iyo ng mapakikinabangan, na pumapatnubay sa iyo sa daang nararapat mong lakaran, ang gumawa nito.

18 O kung dininig mo ang aking mga kautusan—ang iyong kapayapaan ay matutulad sa isang ilog, at ang iyong mga katwiran ay parang mga alon sa dagat.

19 Ang iyong mga binhi ay naging parang buhangin din; ang sisidlan ng iyong tiyan ay parang mga butil niyon; ang kanyang pangalan ay hindi mahihiwalay ni magigiba man sa harapan ko.

For, behold, I have refined thee, I have chosen thee in the furnace of affliction.

For mine own sake, yea, for mine own sake will I do this, for I will not suffer my name to be polluted, and I will not give my glory unto another.

Hearken unto me, O Jacob, and Israel my called, for I am he; I am the first, and I am also the last.

Mine hand hath also laid the foundation of the earth, and my right hand hath spanned the heavens. I call unto them and they stand up together.

All ye, assemble yourselves, and hear; who among them hath declared these things unto them? The Lord hath loved him; yea, and he will fulfil his word which he hath declared by them; and he will do his pleasure on Babylon, and his arm shall come upon the Chaldeans.

Also, saith the Lord; I the Lord, yea, I have spoken; yea, I have called him to declare, I have brought him, and he shall make his way prosperous.

Come ye near unto me; I have not spoken in secret; from the beginning, from the time that it was declared have I spoken; and the Lord God, and his Spirit, hath sent me.

And thus saith the Lord, thy Redeemer, the Holy One of Israel; I have sent him, the Lord thy God who teacheth thee to profit, who leadeth thee by the way thou shouldst go, hath done it.

O that thou hadst hearkened to my commandments—then had thy peace been as a river, and thy righteousness as the waves of the sea.

Thy seed also had been as the sand; the offspring of thy bowels like the gravel thereof; his name should not have been cut off nor destroyed from before me.

20 Kayo ay magsilabas sa Babilonia, inyong takasan ang mga taga-Caldeo, kayo ay magpahayag ng may tinig ng awitan, inyong sabihin ito, itanyag ninyo hanggang sa katapusan ng mundo; inyong sabihin: Tinubos ng Panginoon ang kanyang tagapaglingkod na si Jacob.

21 At sila ay hindi nangauhaw; pinatnubayan niya sila sa mga ilang; kanyang pinaagos ang tubig mula sa malaking bato para sa kanila; kanyang ginuwangan din ang malaking bato at bumukal ang tubig.

22 At sa kabila ng lahat ng ginawa niyang ito, at higit pa rito, walang kapayapaan, wika ng Panginoon, sa masasama.

Go ye forth of Babylon, flee ye from the Chaldeans, with a voice of singing declare ye, tell this, utter to the end of the earth; say ye: The Lord hath redeemed his servant Jacob.

And they thirsted not; he led them through the deserts; he caused the waters to flow out of the rock for them; he clave the rock also and the waters gushed out.

And notwithstanding he hath done all this, and greater also, there is no peace, saith the Lord, unto the wicked.



## 1 Nephi 21

- 1 At muli: Makinig, O kayong sambahayan ni Israel, lahat kayong nakahiwalay at itinaboy dahil sa kasamaan ng mga mangangaral ng aking mga tao; oo, lahat kayong nahiwalay, na ikinalat, na kabilang sa aking mga tao, O sambahayan ni Israel. Makinig, O mga pulo, sa akin, at makinig kayong mga tao sa malayo; tinawag ako ng Panginoon mula sa sinapupunan; mula sa sisidlan ng aking ina ay binanggit niya ang aking pangalan.
- 2 At kanyang ginawa ang aking bibig na parang matalas na espada; sa lilim ng kanyang kamay ay ikinubli niya ako, at ginawa niya akong makinang na pana; sa kanyang lalagyan ng pana ay ikinubli niya ako;
- 3 At sinabi sa akin: Ikaw ay aking tagapaglingkod, O Israel, na siyang aking ikaluluwalhati.
- 4 Pagkatapos sinabi ko, ako'y gumagawang walang kabuluhan, aking ginugol ang aking lakas sa wala at sa walang kabuluhan; tunay na ang aking kahatulan ay nasa Panginoon, at ang aking gantimpala ay nasa aking Diyos.
- 5 At ngayon, wika ng Panginoon—na siyang nag-anyo sa akin mula sa sinapupunan na maging kanyang tagapaglingkod, upang dalhin muli si Jacob sa kanya—kahit na ang Israel ay hindi matipon, gayon pa man ako'y magiging maluwalhati sa mga mata ng Panginoon, at ang aking Diyos ang aking magiging lakas.
- 6 At sinabi niya: Ito ay magaan na bagay na ikaw ay aking maging tagapaglingkod upang ibangon ang mga lipi ni Jacob, at panumbalikin ang mga labi ng Israel. Ibibigay rin kitang pinaka-ilaw sa mga Gentil, upang ikaw ay maging aking kaligtasan hanggang sa katapusan ng mundo.
- 7 Ganito ang wika ng Panginoon, ang Manunubos ng Israel, na kanyang Banal, sa kanya na hinahamak ng tao, sa kanya na kinapopootan ng mga bansa, sa tagapaglingkod ng mga namamahala; ang mga hari ay makakikita at magsisibangon, mga prinsipe rin ay magsisisamba, dahil sa Panginoong tapat.

## 1 Nephi 21

And again: Hearken, O ye house of Israel, all ye that are broken off and are driven out because of the wickedness of the pastors of my people; yea, all ye that are broken off, that are scattered abroad, who are of my people, O house of Israel. Listen, O isles, unto me, and hearken ye people from far; the Lord hath called me from the womb; from the bowels of my mother hath he made mention of my name.

And he hath made my mouth like a sharp sword; in the shadow of his hand hath he hid me, and made me a polished shaft; in his quiver hath he hid me;

And said unto me: Thou art my servant, O Israel, in whom I will be glorified.

Then I said, I have labored in vain, I have spent my strength for naught and in vain; surely my judgment is with the Lord, and my work with my God.

And now, saith the Lord—that formed me from the womb that I should be his servant, to bring Jacob again to him—though Israel be not gathered, yet shall I be glorious in the eyes of the Lord, and my God shall be my strength.

And he said: It is a light thing that thou shouldst be my servant to raise up the tribes of Jacob, and to restore the preserved of Israel. I will also give thee for a light to the Gentiles, that thou mayest be my salvation unto the ends of the earth.

Thus saith the Lord, the Redeemer of Israel, his Holy One, to him whom man despiseth, to him whom the nations abhorreth, to servant of rulers: Kings shall see and arise, princes also shall worship, because of the Lord that is faithful.

- 8 Ganito ang wika ng Panginoon: Sa kalugud-lugod na panahon ay napakinggan kita, O mga pulo ng dagat, at sa araw ng kaligtasan ay tinulungan kita; at aking pangangalagaan ka, at ibibigay ko sa iyo ang aking tagapaglingkod na pinakatipan sa mga tao, upang itatag ang mundo, upang ipamana ang mga mapanglaw na mana;
- 9 Na maaari mong masabi sa mga bilanggo: Kayo'y magsilabas; sa kanila na mga nakaupo sa kadiliman: Magpakita kayo. Sila'y magsisikain sa mga daan, at ang kanilang pastulan ay magiging sa lahat ng dako sa kaitaasan.
- 10 Sila'y hindi mangagugutom ni mangauuhaw man, hindi sila mangapapaso ng init ni ng araw man; sapagkat siya na may awa sa kanila ang papatnubay sa kanila, maging sa mga bukal ng tubig ay papatnubayan niya sila.
- 11 At aking gagawing daan ang lahat ng aking mga bundok, at ang aking mga lansangan ay patataasin.
- 12 At pagkatapos, O sambahayan ni Israel, masdan, ang mga ito ay manggagaling sa malayo; at narito, ang mga ito na nagmula sa hilaga at mula sa kanluran; at ang mga ito mula sa lupain ng Sinim.
- 13 Magsiawit, O kalangitan; at magalak, O mundo; sapagkat ang mga paa niyaong mga nasa silangan ay itatag; at magsiawitan, O mga bundok; sapagkat hindi na sila mababagabag pa; sapagkat aaliwin ng Panginoon ang kanyang mga tao, at maaawa sa kanya na naghihirap.
- 14 Subalit, masdan, sinabi ng Sion: Pinabayaan ako ng Panginoon, at kinalimutan ako ng aking Panginoon—subalit ipakikita niya na hindi gayon.
- 15 Sapagkat malilimutan ba ng isang ina ang kanyang anak na pinasususo, na hindi siya maaawa sa anak ng kanyang sinapupunan? Oo, maaaring makalimot siya, gayon pa man hindi kita malilimutan, O sambahayan ni Israel.
- 16 Masdan, aking inanyuan ka sa mga palad ng aking mga kamay; ang iyong mga muog ay laging nasa harapan ko.
- 17 Ang inyong mga anak ay magsisipagdali sa mga mangwawasak; at ang sumisira sa iyo ay aalisin mula sa iyo.

Thus saith the Lord: In an acceptable time have I heard thee, O isles of the sea, and in a day of salvation have I helped thee; and I will preserve thee, and give thee my servant for a covenant of the people, to establish the earth, to cause to inherit the desolate heritages;

That thou mayest say to the prisoners: Go forth; to them that sit in darkness: Show yourselves. They shall feed in the ways, and their pastures shall be in all high places.

They shall not hunger nor thirst, neither shall the heat nor the sun smite them; for he that hath mercy on them shall lead them, even by the springs of water shall he guide them.

And I will make all my mountains a way, and my highways shall be exalted.

And then, O house of Israel, behold, these shall come from far; and lo, these from the north and from the west; and these from the land of Sinim.

Sing, O heavens; and be joyful, O earth; for the feet of those who are in the east shall be established; and break forth into singing, O mountains; for they shall be smitten no more; for the Lord hath comforted his people, and will have mercy upon his afflicted.

But, behold, Zion hath said: The Lord hath forsaken me, and my Lord hath forgotten me—but he will show that he hath not.

For can a woman forget her sucking child, that she should not have compassion on the son of her womb? Yea, they may forget, yet will I not forget thee, O house of Israel.

Behold, I have graven thee upon the palms of my hands; thy walls are continually before me.

Thy children shall make haste against thy destroyers; and they that made thee waste shall go forth of thee.

- 18 Itingin mo ang iyong mga mata sa palibot, at masdan; lahat ng ito ay sama-samang nagtitipuntipon, at paparito sila sa iyo. At yamang ako ay buhay, wika ng Panginoon, ikaw ay mabibihisan ng lahat ng yaon, na parang pinaka-gayak, at mabibigkisan ka ng mga yaon na tulad ng isang kasintahang babae.
- 19 Sapagkat tungkol sa iyong mga sira at sa iyong mapapanglaw na dako, at sa iyong lupaing nawasak, maging ngayon ay totooing napakakipot dahil sa mga naninirahan; at silang nagsisakmal sa iyo ay mangalalayo.
- 20 Ang iyong mga magiging anak, matapos mong mawala ang una, ay muling magsasabi sa iyong mga tainga: Ang lugar ay labis na makipot para sa akin; bigyan mo ako ng lugar upang aking matirahan.
- 21 Pagkatapos sasabihin mo sa iyong puso: Sino ang nagbigay ng mga ito sa akin, nalalamang nawalan ako ng mga anak, at nag-iisa, isang bihag, at lumalaboy na paroo't parito? At sinong nagpalaki ng mga ito? Masdan, ako ay naiwang nag-iisa; ang mga ito, saan sila nanggaling?
- 22 Ganito ang wika ng Panginoong Diyos: Masdan, itataas ko ang aking kamay sa mga Gentil, at itatayo ko ang aking sagisag sa mga tao; at kakalungin nila ang iyong mga anak na lalaki sa kanilang mga bisig, at ang iyong mga anak na babae ay papasanin ng kanilang mga balikat.
- 23 At mga hari ang iyong magiging mga tagakandiling ama, at ang kanilang mga reyna ay iyong mga tagakandiling ina; magsisiyukod sila sa iyo na ang kanilang mga mukha ay nasa lupa, at hihimurin ang alikabok ng iyong mga paa; at iyong makikilala na ako ang Panginoon; sapagkat ang mga naghihintay sa akin ay hindi mahihiya.
- 24 Sapagkat makukuha ba sa makapangyarihan ang kanyang huli, o ang talagang nabihag ay makalalaya?
- 25 Subalit ganito ang wika ng Panginoon, maging ang mga bihag ng makapangyarihan ay kukunin, at ang huli ng kakila-kilabot ay makalalaya; sapagkat makikipaglaban ako sa kanya na nakikipaglaban sa iyo, at ililigtas ko ang iyong mga anak.

Lift up thine eyes round about and behold; all these gather themselves together, and they shall come to thee. And as I live, saith the Lord, thou shalt surely clothe thee with them all, as with an ornament, and bind them on even as a bride.

For thy waste and thy desolate places, and the land of thy destruction, shall even now be too narrow by reason of the inhabitants; and they that swallowed thee up shall be far away.

The children whom thou shalt have, after thou hast lost the first, shall again in thine ears say: The place is too strait for me; give place to me that I may dwell.

Then shalt thou say in thine heart: Who hath begotten me these, seeing I have lost my children, and am desolate, a captive, and removing to and fro? And who hath brought up these? Behold, I was left alone; these, where have they been?

Thus saith the Lord God: Behold, I will lift up mine hand to the Gentiles, and set up my standard to the people; and they shall bring thy sons in their arms, and thy daughters shall be carried upon their shoulders.

And kings shall be thy nursing fathers, and their queens thy nursing mothers; they shall bow down to thee with their face towards the earth, and lick up the dust of thy feet; and thou shalt know that I am the Lord; for they shall not be ashamed that wait for me.

For shall the prey be taken from the mighty, or the lawful captives delivered?

But thus saith the Lord, even the captives of the mighty shall be taken away, and the prey of the terrible shall be delivered; for I will contend with him that contendeth with thee, and I will save thy children.

26 At pakakainin ko sila na nang-aapi sa iyo ng kanilang sariling laman; at malalango sila ng kanilang sariling dugo gaya ng matamis na alak; at makikilala ng lahat ng tao na ako, ang Panginoon, ang iyong Tagapagligtas at iyong Manunubos, ang Makapangyarihan ni Jacob.

And I will feed them that oppress thee with their own flesh; they shall be drunken with their own blood as with sweet wine; and all flesh shall know that I, the Lord, am thy Savior and thy Redeemer, the Mighty One of Jacob.

## 1 Nephi 22

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, na matapos na ako, si Nephi, ay mabasa ang mga bagay na ito na nauukit sa mga laminang tanso, lumapit sa akin ang aking mga kapatid at sinabi sa akin: Ano ang kahulugan ng mga bagay na ito na iyong binasa? Masdan, ang kahulugan ba ng mga yaon ay ayon sa mga bagay na espirituwal, na matutupad ayon sa espiritu at hindi sa laman?
- 2 At ako, si Nephi, ay sinabi sa kanila: Masdan, ipinaalam ang mga yaon sa mga propeta ng tinig ng Espiritu; sapagkat sa pamamagitan ng tinig ng Espiritu ay ipinaalam ang lahat ng bagay sa mga propeta, na mangyayari sa mga anak ng tao ayon sa laman.
- 3 Anupa't ang mga bagay na aking binasa ay mga bagay na tumutukoy sa mga bagay na kapwa temporal at espirituwal; sapagkat ang sambahayan ni Israel ay tila, sa malaon at madali, ay ikakalat sa lahat ng dako ng mundo, at sa lahat din ng bansa.
- 4 At masdan, marami sa ngayon ang nawawala na sa kaalaman ng mga yaong nasa Jerusalem. Oo, ang malaking bahagi ng buong lipi ay naakay nang palayo; at nakakalat sila paroo't parito sa mga pulo ng dagat; at kung nasaan man sila ay walang nakaaalam sa atin, maliban sa nalalaman natin na sila ay inakay palayo.
- 5 At dahil sa sila ay inakay palayo, ang mga bagay na ito ay iprinopesiya hinggil sa kanila, at hinggil din sa lahat ng yaong ikakalat pa at lilituhin, dahil sa Banal ng Israel; sapagkat patitigasin nila ang kanilang mga puso laban sa kanya; kaya nga, ikakalat sila sa lahat ng bansa at kamumuhian ng lahat ng tao.
- 6 Gayon pa man, matapos silang ikandili ng mga Gentil, at ikaway ng Panginoon ang kanyang mga kamay sa mga Gentil at gawin silang isang sagisag, at kinalong ang kanilang mga anak sa kanilang mga bisig, at ang kanilang mga anak na babae ay papasanin sa kanilang mga balikat, masdan, ang mga bagay na ito na sinabi ay temporal; sapagkat gayon ang mga tipan ng Panginoon sa ating mga ama; at tumutukoy ito sa atin sa mga araw na darating, at gayon din sa lahat ng ating mga kapatid na kabilang sa sambahayan ni Israel.

## 1 Nephi 22

And now it came to pass that after I, Nephi, had read these things which were engraven upon the plates of brass, my brethren came unto me and said unto me: What meaneth these things which ye have read? Behold, are they to be understood according to things which are spiritual, which shall come to pass according to the spirit and not the flesh?

And I, Nephi, said unto them: Behold they were manifest unto the prophet by the voice of the Spirit; for by the Spirit are all things made known unto the prophets, which shall come upon the children of men according to the flesh.

Wherefore, the things of which I have read are things pertaining to things both temporal and spiritual; for it appears that the house of Israel, sooner or later, will be scattered upon all the face of the earth, and also among all nations.

And behold, there are many who are already lost from the knowledge of those who are at Jerusalem. Yea, the more part of all the tribes have been led away; and they are scattered to and fro upon the isles of the sea; and whither they are none of us knoweth, save that we know that they have been led away.

And since they have been led away, these things have been prophesied concerning them, and also concerning all those who shall hereafter be scattered and be confounded, because of the Holy One of Israel; for against him will they harden their hearts; wherefore, they shall be scattered among all nations and shall be hated of all men.

Nevertheless, after they shall be nursed by the Gentiles, and the Lord has lifted up his hand upon the Gentiles and set them up for a standard, and their children have been carried in their arms, and their daughters have been carried upon their shoulders, behold these things of which are spoken are temporal; for thus are the covenants of the Lord with our fathers; and it meaneth us in the days to come, and also all our brethren who are of the house of Israel.

- 7 At nangangahulugan ito na darating ang panahon na matapos ikalat at lituhin ang buong sambahayan ni Israel, na magbabangon ang Panginoong Diyos ng isang makapangyarihang bansa sa mga Gentil, oo, maging sa ibabaw ng lupaing ito; at sa pamamagitan nila ay makakalat ang ating mga binhi.
- 8 At matapos maikalat ang ating mga binhi, ang Panginoong Diyos ay magpapatuloy na gumawa ng kagila-gilalas na gawain sa mga Gentil, na magiging labis na mahalaga sa ating mga binhi; anupa't, inihalintulad ito sa pangangalaga sa kanila ng mga Gentil at kinakalong sa kanilang mga bisig at sa kanilang mga balikat.
- 9 At magiging mahalaga rin ito sa mga Gentil; at hindi lamang sa mga Gentil kundi gayon din sa buong sambahayan ni Israel, tungo sa pagpapaalam ng mga tipan ng Ama ng langit kay Abraham, sinasabing: Sa iyong mga binhi ay pagpapalain ang lahat ng lahi ng mundo.
- 10 At nais ko, aking mga kapatid, na inyong malaman na ang lahat ng lahi ng mundo ay hindi maaaring pagpalain maliban kung hindi niya ipakikita ang kanyang bisig sa paningin ng mga bansa.
- 11 Kaya nga, ipagpapatuloy ng Panginoong Diyos ang pagpapakita ng kanyang bisig sa paningin ng lahat ng bansa, sa pagsasakatuparan ng kanyang mga tipan at kanyang ebanghelyo sa mga yaong kabilang sa sambahayan ni Israel.
- 12 Anupa't, muli niya silang palalayain sa pagkabihag, at sama-samang titipunin sila sa mga lupaing kanilang mana; at lalabas sila mula sa kalabuan at mula sa kadiliman; at makikilala nila na ang Panginoon ang kanilang Tagapagligtas at kanilang Manunubos, ang Makapangyarihan ng Israel.
- 13 At ang dugo ng yaong makapangyarihan at karumal-dumal na simbahan, na siyang patutot ng buong mundo, ay magsisibalik sa kanilang sariling mga ulo; sapagkat makikidigma sila sa isa't isa, at ang espada sa kanilang sariling mga kamay ay babagsak sa sarili nilang mga ulo, at malalango sila sa sarili nilang dugo.

And it meaneth that the time cometh that after all the house of Israel have been scattered and confounded, that the Lord God will raise up a mighty nation among the Gentiles, yea, even upon the face of this land; and by them shall our seed be scattered.

And after our seed is scattered the Lord God will proceed to do a marvelous work among the Gentiles, which shall be of great worth unto our seed; wherefore, it is likened unto their being nourished by the Gentiles and being carried in their arms and upon their shoulders.

And it shall also be of worth unto the Gentiles; and not only unto the Gentiles but unto all the house of Israel, unto the making known of the covenants of the Father of heaven unto Abraham, saying: In thy seed shall all the kindreds of the earth be blessed.

And I would, my brethren, that ye should know that all the kindreds of the earth cannot be blessed unless he shall make bare his arm in the eyes of the nations.

Wherefore, the Lord God will proceed to make bare his arm in the eyes of all the nations, in bringing about his covenants and his gospel unto those who are of the house of Israel.

Wherefore, he will bring them again out of captivity, and they shall be gathered together to the lands of their inheritance; and they shall be brought out of obscurity and out of darkness; and they shall know that the Lord is their Savior and their Redeemer, the Mighty One of Israel.

And the blood of that great and abominable church, which is the whore of all the earth, shall turn upon their own heads; for they shall war among themselves, and the sword of their own hands shall fall upon their own heads, and they shall be drunken with their own blood.

- 14 At bawat bansang makikidigma laban sa iyo, O sambahayan ni Israel, ay babaling laban sa isa't isa, at mahuhulog sila sa hukay na kanilang hinukay upang mabitag ang mga tao ng Panginoon. At ang lahat ng kumakalaban sa Sion ay malilipol, at yaong makapangyarihang patutot, na nagliligaw sa mga tamang landas ng Panginoon, oo, yaong makapangyarihan at karumal-dumal na simbahan, ay guguho sa lupa at malakas ang magiging pagbagsak nito.
- 15 Sapagkat masdan, wika ng propeta, dagliang darating ang panahon na mawawalan ng kapangyarihan si Satanas na tuksuhin ang mga anak ng tao; sapagkat malapit nang dumating ang araw na lahat ng palalo at sila na mga gumagawa ng kasamaan ay magiging parang mga pinaggapasan; at darating ang araw na sila ay tiyak na susunugin.
- 16 Sapagkat malapit nang dumating ang panahon na ang kaganapan ng kapootan ng Diyos ay mabubuhos sa lahat ng anak ng tao; sapagkat hindi niya pahihintulutang daigin ng masasama ang mabubuti.
- 17 Anupa't, pangangalagaan niya ang mabubuti sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan, maging kung kinakailangang dumating ang kaganapan ng kanyang kapootan, at ang mabubuti ay pangangalagaan, maging tungo sa pagkalipol ng kanilang mga kaaway sa pamamagitan ng apoy. Kaya nga, hindi dapat matakot ang mabubuti; sapagkat ganito ang wika ng propeta, maliligtas sila, maging kung ito man ay sa pamamagitan ng apoy.
- 18 Masdan, aking mga kapatid, sinasabi ko sa inyo, na dagliang darating ang mga bagay na ito; oo, maging dugo, at apoy, at ulap ng usok ay tiyak na darating; at kinakailangan lamang na ito ay sa ibabaw ng mundong ito; at darating ito sa mga tao ayon sa laman kung sakali mang patitigasin nila ang kanilang mga puso laban sa Banal ng Israel.
- 19 Sapagkat masdan, hindi masasawi ang mabubuti; sapagkat tiyak na darating ang panahon na ang lahat ng yaong kumakalaban sa Sion ay ihihiwalay.

And every nation which shall war against thee, O house of Israel, shall be turned one against another, and they shall fall into the pit which they digged to ensnare the people of the Lord. And all that fight against Zion shall be destroyed, and that great whore, who hath perverted the right ways of the Lord, yea, that great and abominable church, shall tumble to the dust and great shall be the fall of it.

For behold, saith the prophet, the time cometh speedily that Satan shall have no more power over the hearts of the children of men; for the day soon cometh that all the proud and they who do wickedly shall be as stubble; and the day cometh that they must be burned.

For the time soon cometh that the fulness of the wrath of God shall be poured out upon all the children of men; for he will not suffer that the wicked shall destroy the righteous.

Wherefore, he will preserve the righteous by his power, even if it so be that the fulness of his wrath must come, and the righteous be preserved, even unto the destruction of their enemies by fire. Wherefore, the righteous need not fear; for thus saith the prophet, they shall be saved, even if it so be as by fire.

Behold, my brethren, I say unto you, that these things must shortly come; yea, even blood, and fire, and vapor of smoke must come; and it must needs be upon the face of this earth; and it cometh unto men according to the flesh if it so be that they will harden their hearts against the Holy One of Israel.

For behold, the righteous shall not perish; for the time surely must come that all they who fight against Zion shall be cut off.

20 At ang Panginoon ay tiyak na maghahanda ng paraan para sa kanyang mga tao, sa ikatutupad ng mga salita ni Moises, na kanyang winika, sinasabing: Ang Panginoon ninyong Diyos ay magbabangon sa inyo ng isang propeta, na tulad sa akin; diringgin ninyo siya sa lahat ng bagay anuman ang kanyang sasabihin sa inyo. At ito ay mangyayari na ang lahat ng yaong hindi makikinig sa propetang yaon ay ihihiwalay sa mga tao.

21 At ngayon ako, si Nephi, ay nagpapahayag sa inyo, na ang Banal ng Israel ang propetang tinutukoy ni Moises; anupa't siya ay magsasagawa ng kahatulan sa katwiran.

22 At hindi kinakailangang matakot ang mabubuti; sapagkat sila ang mga yaong hindi malilito. Subalit ang kaharian ng diyablo, na itatayo sa mga anak ng tao, na kung aling kaharian ay itinatag sa kanila na mga nasa lupa—

23 Sapagkat dagliang darating ang panahon na ang lahat ng simbahang itinayo upang makakuha ng yaman, at ang lahat ng yaong itinayo upang makaangkin ng kapangyarihan sa laman, at ang mga yaong itinayo upang maging tanyag sa paningin ng sanlibutan, at ang mga yaong naghahangad ng pagnanasa sa laman at sa mga makamundong bagay, at upang gumawa ng lahat ng uri ng kasamaan; oo, sa lalong maliwanag, lahat ng yaong kabilang sa kaharian ng diyablo ang mga yaong dapat na matakot, at manginig, at mayanig; sila ang mga yaong tiyak na ibababa sa lupa; sila ang mga yaong tiyak na matutupok na parang pinaggapasan; at ito ay ayon sa mga salita ng propeta.

24 At dagliang darating ang panahon na ang mabubuti ay dadalhin na parang mga guya sa kuwadra, at ang Banal ng Israel ay maghahari sa kapangyarihan, sa lakas, at dakilang kaluwalhatian.

25 At titipunin niya ang kanyang mga anak mula sa apat na sulok ng mundo; at bilang niya ang kanyang mga tupa, at siya'y kilala nila; at magkakaroon ng isang kawan at isang pastol; at pakakainin niya ang kanyang mga tupa, at sa kanya sila mamamastol.

And the Lord will surely prepare a way for his people, unto the fulfilling of the words of Moses, which he spake, saying: A prophet shall the Lord your God raise up unto you, like unto me; him shall ye hear in all things whatsoever he shall say unto you. And it shall come to pass that all those who will not hear that prophet shall be cut off from among the people.

And now I, Nephi, declare unto you, that this prophet of whom Moses spake was the Holy One of Israel; wherefore, he shall execute judgment in righteousness.

And the righteous need not fear, for they are those who shall not be confounded. But it is the kingdom of the devil, which shall be built up among the children of men, which kingdom is established among them which are in the flesh—

For the time speedily shall come that all churches which are built up to get gain, and all those who are built up to get power over the flesh, and those who are built up to become popular in the eyes of the world, and those who seek the lusts of the flesh and the things of the world, and to do all manner of iniquity; yea, in fine, all those who belong to the kingdom of the devil are they who need fear, and tremble, and quake; they are those who must be brought low in the dust; they are those who must be consumed as stubble; and this is according to the words of the prophet.

And the time cometh speedily that the righteous must be led up as calves of the stall, and the Holy One of Israel must reign in dominion, and might, and power, and great glory.

And he gathereth his children from the four quarters of the earth; and he numbereth his sheep, and they know him; and there shall be one fold and one shepherd; and he shall feed his sheep, and in him they shall find pasture.



- 26 At dahil sa kabutihan ng kanyang mga tao, si Satanas ay mawawalan ng kapangyarihan; anupa't hindi siya makawawala sa loob ng maraming taon; sapagkat wala siyang kapangyarihan sa mga puso ng tao, sapagkat nabubuhay sila sa kabutihan, at maghahari ang Banal ng Israel.
- 27 At ngayon masdan, ako, si Nephi, ay nagsasabi sa inyo na mangyayari ang lahat ng bagay na ito ayon sa laman.
- 28 Subalit, masdan, lahat ng bansa, lahi, wika, at tao ay mamumuhay nang matiwasay sa Banal ng Israel kung sakali mang sila ay magsisisi.
- 29 At ngayon, ako, si Nephi, ay nagtatapos; sapagkat hindi ako mangangahas na magsalita ng labis pa rito hinggil sa mga bagay na ito.
- 30 Samakatwid, aking mga kapatid, nais kong pakatandaan ninyong totoo ang mga bagay na nasusulat sa mga laminang tanso; at nagpapatotoo ang mga yaon na kinakailangang maging masunurin ang tao sa mga kautusan ng Diyos.
- 31 Kaya nga, hindi ninyo dapat akalain na ako at ang aking ama lamang ang tanging nagpapatotoo, at nagtuturo rin nito. Samakatwid, kung kayo ay magiging masunurin sa mga kautusan, at magtitiis hanggang wakas, maliligtas kayo sa huling araw. At gayon nga ito. Amen.

And because of the righteousness of his people, Satan has no power; wherefore, he cannot be loosed for the space of many years; for he hath no power over the hearts of the people, for they dwell in righteousness, and the Holy One of Israel reigneth.

And now behold, I, Nephi, say unto you that all these things must come according to the flesh.

But, behold, all nations, kindreds, tongues, and people shall dwell safely in the Holy One of Israel if it so be that they will repent.

And now I, Nephi, make an end; for I durst not speak further as yet concerning these things.

Wherefore, my brethren, I would that ye should consider that the things which have been written upon the plates of brass are true; and they testify that a man must be obedient to the commandments of God.

Wherefore, ye need not suppose that I and my father are the only ones that have testified, and also taught them. Wherefore, if ye shall be obedient to the commandments, and endure to the end, ye shall be saved at the last day. And thus it is. Amen.

# Ang Ikalawang Aklat ni Nephi

*Ang ulat ng kamatayan ni Lehi. Ang mga kapatid ni Nephi ay naghimagsik laban sa kanya. Binalaan ng Panginoon si Nephi na umalis at magtungo sa ilang. Ang kanyang paglalakbay sa ilang, at iba pa.*

## 2 Nephi 1

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, na pagkaraang ako, si Nephi, ay matapos sa pagtuturo sa aking mga kapatid, ang aming ama, si Lehi, ay nangusap din ng maraming bagay sa kanila, at inulit sa kanila, kung gaano kadakila ang mga bagay na ginawa ng Panginoon para sa kanila sa paglalabas sa kanila sa lupain ng Jerusalem.
- 2 At nangusap siya sa kanila hinggil sa paghihimagsik nila noong nasa mga tubig, at sa mga awa ng Diyos sa pagkakaligtas sa kanilang buhay, na hindi sila nilulon ng dagat.
- 3 At nangusap din siya sa kanila hinggil sa lupang pangako, na kanilang natamo—gaano ang pagkamaawain ng Panginoon sa pagbababala sa amin na kami ay tumakas sa lupain ng Jerusalem.
- 4 Sapagkat, masdan, sinabi niya, nakakita ako ng isang pangitain, kung saan nalaman ko na ang Jerusalem ay nawasak na; at kung tayo ay nanatili sa Jerusalem tayo rin ay nangasawi.
- 5 Datapwat, wika niya, sa kabila ng ating mga kahirapan, ay ating natamo ang isang lupang pangako, isang lupaing pinili sa lahat ng ibang lupain; isang lupaing tinipan sa akin ng Panginoong Diyos na lupaing mamanahin ng aking mga binhi. Oo, ipinagtipan sa akin ng Panginoon ang lupaing ito, at sa aking mga anak magpakailanman, at gayon din sa lahat ng yaong ilalabas sa ibang bansa ng kamay ng Panginoon.
- 6 Anupa't, ako, si Lehi, ay nagpopropesiya alinsunod sa pamamatnubay ng Espiritu na nasa akin, na walang ibang makapaparito sa lupaing ito maliban kung sila ay dalhin ng kamay ng Panginoon.

# The Second Book of Nephi

*An account of the death of Lehi. Nephi's brethren rebel against him. The Lord warns Nephi to depart into the wilderness. His journeyings in the wilderness, and so forth.*

## 2 Nephi 1

And now it came to pass that after I, Nephi, had made an end of teaching my brethren, our father, Lehi, also spake many things unto them, and rehearsed unto them, how great things the Lord had done for them in bringing them out of the land of Jerusalem.

And he spake unto them concerning their rebellions upon the waters, and the mercies of God in sparing their lives, that they were not swallowed up in the sea.

And he also spake unto them concerning the land of promise, which they had obtained—how merciful the Lord had been in warning us that we should flee out of the land of Jerusalem.

For, behold, said he, I have seen a vision, in which I know that Jerusalem is destroyed; and had we remained in Jerusalem we should also have perished.

But, said he, notwithstanding our afflictions, we have obtained a land of promise, a land which is choice above all other lands; a land which the Lord God hath covenanted with me should be a land for the inheritance of my seed. Yea, the Lord hath covenanted this land unto me, and to my children forever, and also all those who should be led out of other countries by the hand of the Lord.

Wherefore, I, Lehi, prophesy according to the workings of the Spirit which is in me, that there shall none come into this land save they shall be brought by the hand of the Lord.

- 7 Kaya nga, ang lupaing ito ay inilaan para sa kanya na siya niyang dadalhin. At kung mangyayari na kanilang paglilingkuran siya alinsunod sa mga kautusang kanyang ibinigay, ito ay magiging lupain ng kalayaan sa kanila; anupa't, hindi sila kailanman madadala sa pagkabiha; kung magkagayon man, ito ay dahil sa kasamaan; sapagkat kung ang kasamaan ay lalaganap ay susumpain ang lupain ng dahil sa kanila, ngunit sa mabubuti, ito ay pagpapalain magpakailanman.
- 8 At masdan, ito ay karunungan na ikubli muna ang lupain sa kaalaman ng mga ibang bansa; sapagkat masdan, maraming bansa ang sasakop sa lupain, kung kaya't hindi magkakaroon ng pook na ipamamana.
- 9 Samakatwid, ako si Lehi, ay nagtamo ng isang pangako, na habang yaong mga ilalabas ng Panginoong Diyos sa lupain ng Jerusalem ay sumusunod sa kanyang mga kautusan, sila ay uunlad sa ibabaw ng lupaing ito; at sila ay ikukubli mula sa ibang mga bansa, upang ang lupaing ito ay mapasakanila. At kung mangyayari na kanilang susundin ang kanyang mga kautusan sila ay pagpapalain sa ibabaw ng lupaing ito, at walang sinumang manliligalig sa kanila, o kaya'y aagaw ng lupaing kanilang mana; at sila'y makapaninirahan nang ligtas magpakailanman.
- 10 Datapwat masdan, kung dumating ang panahon na sila ay manghina sa kawalang-paniniwala, matapos na kanilang tanggapin ang gayong kalaking pagpapala mula sa kamay ng Panginoon—na taglay ang kaalaman ng paglikha ng mundo, at ng lahat ng tao, nalalaman ang dakila at mga kagila-gilalas na gawa ng Panginoon mula sa paglikha ng mundo; na may kapangyarihang ibinigay sa kanila upang magawa ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng pananampalataya; sa pagkakaroon ng lahat ng kautusan mula pa sa simula, at sa pagkakadala sa pamamagitan ng kanyang walang hanggang kabutihan dito sa natatanging lupang pangako—masdan, sinasabi ko, na kung dumating ang araw na kanilang itatakwil ang Banal ng Israel, ang tunay na Mesiyas, ang kanilang Manunubos at kanilang Diyos, masdan, ang mga kahatulan niya na makatarungan ay sasapit sa kanila.

Wherefore, this land is consecrated unto him whom he shall bring. And if it so be that they shall serve him according to the commandments which he hath given, it shall be a land of liberty unto them; wherefore, they shall never be brought down into captivity; if so, it shall be because of iniquity; for if iniquity shall abound cursed shall be the land for their sakes, but unto the righteous it shall be blessed forever.

And behold, it is wisdom that this land should be kept as yet from the knowledge of other nations; for behold, many nations would overrun the land, that there would be no place for an inheritance.

Wherefore, I, Lehi, have obtained a promise, that inasmuch as those whom the Lord God shall bring out of the land of Jerusalem shall keep his commandments, they shall prosper upon the face of this land; and they shall be kept from all other nations, that they may possess this land unto themselves. And if it so be that they shall keep his commandments they shall be blessed upon the face of this land, and there shall be none to molest them, nor to take away the land of their inheritance; and they shall dwell safely forever.

But behold, when the time cometh that they shall dwindle in unbelief, after they have received so great blessings from the hand of the Lord—having a knowledge of the creation of the earth, and all men, knowing the great and marvelous works of the Lord from the creation of the world; having power given them to do all things by faith; having all the commandments from the beginning, and having been brought by his infinite goodness into this precious land of promise—behold, I say, if the day shall come that they will reject the Holy One of Israel, the true Messiah, their Redeemer and their God, behold, the judgments of him that is just shall rest upon them.

- 11 Oo, kanyang dadalhin ang mga ibang bansa sa kanila, at ipagkakaloob niya sa kanila ang kapangyarihan, at kanyang kukunin sa kanila ang mga lupaing kanilang pag-aari, at sila ay kanyang ikakalat at parurusahan.
- 12 Oo, habang ang isang salinlahi ay pumapalit sa isang salinlahi, magkakaroon ng mga pagdanak ng dugo, at masisidhing kaparusahan sa kanila; kaya nga, mga anak ko, nais kong inyong tandaan; oo, nais kong inyong pakinggan ang aking mga salita.
- 13 O, na kayo ay magising; magising mula sa mahimbing na pagkakatulog, oo, maging mula sa pagkakatulog ng impiyerno, at iwagwag ang mga kakila-kilabot na tanikala na sa inyo'y nakagapos, mga tanikalang gumagapos sa mga anak ng tao, na siyang nagdadala sa kanila sa pagkabihag doon sa walang hanggang look ng kalungkutan at kapighatian.
- 14 Gumising! At bumangon mula sa alabok, at makinig sa mga salita ng nanginginig na magulang, na ang mga biyas ay tiyak na malapit na ninyong ihimlay sa malamig at tahimik na libingan, kung saan walang manlalakbay na makababalik; mga ilang araw na lamang at ako ay yayaon ng lakad ng buong lupa.
- 15 Ngunit masdan, tinubos ng Panginoon ang aking kaluluwa mula sa impiyerno; at namasdan ko ang kanyang kaluwalhatian, at ako ay nayayakap magpakailanman ng mga bisig ng kanyang pagmamahal.
- 16 At nais kong inyong pakatandaang sundin ang mga batas at kahatulan ng Panginoon; masdan, ito ang ikinabalisa ng aking kaluluwa mula pa sa simula.
- 17 Ang aking puso ay manaka-nakang bumibigat sa kalungkutan, sapagkat ako ay natatakot, na baka sa katigasan ng inyong mga puso ang Panginoon ninyong Diyos ay dumalaw sa inyo sa kaganapan ng kanyang galit, na kayo ay mahiwalay at mamatay magpakailanman;
- 18 O, na ang isang sumpa ay sumapit sa inyo sa loob ng maraming salinlahi; at kayo ay parurusahan sa pamamagitan ng espada, at ng taggutom, at kapopootan, at aakayin alinsunod sa kagustuhan at pagkabihag ng diyablo.

Yea, he will bring other nations unto them, and he will give unto them power, and he will take away from them the lands of their possessions, and he will cause them to be scattered and smitten.

Yea, as one generation passeth to another there shall be bloodsheds, and great visitations among them; wherefore, my sons, I would that ye would remember; yea, I would that ye would hearken unto my words.

O that ye would awake; awake from a deep sleep, yea, even from the sleep of hell, and shake off the awful chains by which ye are bound, which are the chains which bind the children of men, that they are carried away captive down to the eternal gulf of misery and woe.

Awake! and arise from the dust, and hear the words of a trembling parent, whose limbs ye must soon lay down in the cold and silent grave, from whence no traveler can return; a few more days and I go the way of all the earth.

But behold, the Lord hath redeemed my soul from hell; I have beheld his glory, and I am encircled about eternally in the arms of his love.

And I desire that ye should remember to observe the statutes and the judgments of the Lord; behold, this hath been the anxiety of my soul from the beginning.

My heart hath been weighed down with sorrow from time to time, for I have feared, lest for the hardness of your hearts the Lord your God should come out in the fulness of his wrath upon you, that ye be cut off and destroyed forever;

Or, that a cursing should come upon you for the space of many generations; and ye are visited by sword, and by famine, and are hated, and are led according to the will and captivity of the devil.

- 19 O mga anak ko, sana'y huwag sumapit sa inyo ang mga bagay na ito, bagkus kayo ay maging isang pinili at mga pinagpalang tao ng Panginoon. Datapwat masdan, masusunod ang kanyang kalooban; sapagkat ang kanyang mga landas ay katwiran magpakailanman.
- 20 At kanyang sinabi na: Habang inyong sinusunod ang aking mga kautusan kayo ay uunlad sa lupain; datapwat habang hindi ninyo sinusunod ang aking mga kautusan kayo ay itatakwil mula sa aking harapan.
- 21 At ngayon upang ang aking kaluluwa ay magkaroon ng kagalakan sa inyo, at ang aking puso ay lumisan sa daigdig na ito nang may kagalakan dahil sa inyo, upang ako ay hindi madala nang may pagdadalamhati at kalungkutan sa libingan, bumangon kayo mula sa alabok, mga anak ko, at magpakalalaki, at magkaroon ng pagnanais na maging isang isipan at isang puso, nagkakaisa sa lahat ng bagay, upang kayo ay hindi madala sa pagkabiha.
- 22 Upang kayo ay hindi sumpain ng isang masidhing sumpa; at gayundin, nang hindi ninyo abutin ang galit ng isang makatarungang Diyos sa inyo, tungo sa pagkawasak, oo, ang walang hanggang pagkawasak ng kaluluwa at katawan.
- 23 Gumising, mga anak ko; isuot ninyo ang baluti ng kabutihan. Iwagwag ang mga tanikalang gumagapos sa inyo, at lumabas mula sa karimlan, at bumangon mula sa alabok.
- 24 Huwag na kayong maghimagsik pa laban sa inyong kapatid, na ang mga pananaw ay puno ng kaluwalhatian, at sumusunod sa mga kautusan mula pa sa panahong ating lisanin ang Jerusalem; at naging kasangkapan sa mga kamay ng Diyos, sa pagdadala sa atin sa lupang pangako; sapagkat kung hindi dahil sa kanya, tayo sana ay tiyak na nangasawi sa gutom sa ilang; gayon pa man, hinangad ninyong kitlin ang kanyang buhay; oo, at siya ay nagdanas ng maraming kalungkutan dahil sa inyo.

O my sons, that these things might not come upon you, but that ye might be a choice and a favored people of the Lord. But behold, his will be done; for his ways are righteousness forever.

And he hath said that: Inasmuch as ye shall keep my commandments ye shall prosper in the land; but inasmuch as ye will not keep my commandments ye shall be cut off from my presence.

And now that my soul might have joy in you, and that my heart might leave this world with gladness because of you, that I might not be brought down with grief and sorrow to the grave, arise from the dust, my sons, and be men, and be determined in one mind and in one heart, united in all things, that ye may not come down into captivity;

That ye may not be cursed with a sore cursing; and also, that ye may not incur the displeasure of a just God upon you, unto the destruction, yea, the eternal destruction of both soul and body.

Awake, my sons; put on the armor of righteousness. Shake off the chains with which ye are bound, and come forth out of obscurity, and arise from the dust.

Rebel no more against your brother, whose views have been glorious, and who hath kept the commandments from the time that we left Jerusalem; and who hath been an instrument in the hands of God, in bringing us forth into the land of promise; for were it not for him, we must have perished with hunger in the wilderness; nevertheless, ye sought to take away his life; yea, and he hath suffered much sorrow because of you.

- 25 At ako ay labis na natatakot at nanginginig dahil sa inyo, na baka siya ay muling magdusa; sapagkat masdan, inyo siyang pinararatangan na siya ay naghahangad na magkaroon ng kapangyarihan at karapatan sa inyo; ngunit alam kong hindi siya naghahangad na magkaroon ng kapangyarihan at karapatan sa inyo, bagkus, ang kaluwalhatian ng Diyos ang hinahangad niya, at ang inyong walang hanggang kapakanan.
- 26 At kayo ay bumulung-bulong dahil sa siya ay naging tapat sa inyo. Sinabi ninyo na siya ay gumamit ng katalasan; sinabi ninyo na siya ay galit sa inyo; datapwat masdan, ang kanyang katalasan ay katalasan ng kapangyarihan ng salita ng Diyos, na nasa kanya; at yaong tinatawag ninyong galit ay katotohanan, alinsunod sa yaong nasa Diyos, na hindi niya mapigil, walang takot na ipinamumukha ang hinggil sa inyong mga kasamaan.
- 27 At talagang kinakailangan na ang kapangyarihan ng Diyos ay mapasakanya, maging sa kanyang pag-uutos sa inyo na kayo ay kinakailangang sumunod. Datapwat masdan, ito ay hindi siya, kundi ito ang Espiritu ng Panginoon na nasa kanya, na nagbubukas ng kanyang bibig sa pagsasalita kaya't hindi niya ito maitikom.
- 28 At ngayon anak ko, Laman, at kayo rin Lemuel, at Sam, at kayo ring mga anak ko na mga anak na lalaki ni Ismael, masdan, kung kayo ay makikinig sa tinig ni Nephi, hindi kayo masasawi. At kung kayo ay makikinig sa kanya ay igagawad ko sa inyo ang isang pagbabasbas, oo, maging ang aking unang pagbabasbas.
- 29 Datapwat kung hindi kayo makikinig sa kanya ay babawiin ko ang aking unang pagbabasbas, oo, maging ang aking pagbabasbas, at ito ay mapapasakanya.
- 30 At ngayon, Zoram, ako ay nangungusap sa iyo: Masdan, ikaw ay tagapagsilbi ni Laban; gayunman, ikaw ay inilabas sa lupain ng Jerusalem, at alam ko na ikaw ay isang tunay na kaibigan ng aking anak na si Nephi, magpakailanman.

And I exceedingly fear and tremble because of you, lest he shall suffer again; for behold, ye have accused him that he sought power and authority over you; but I know that he hath not sought for power nor authority over you, but he hath sought the glory of God, and your own eternal welfare.

And ye have murmured because he hath been plain unto you. Ye say that he hath used sharpness; ye say that he hath been angry with you; but behold, his sharpness was the sharpness of the power of the word of God, which was in him; and that which ye call anger was the truth, according to that which is in God, which he could not restrain, manifesting boldly concerning your iniquities.

And it must needs be that the power of God must be with him, even unto his commanding you that ye must obey. But behold, it was not he, but it was the Spirit of the Lord which was in him, which opened his mouth to utterance that he could not shut it.

And now my son, Laman, and also Lemuel and Sam, and also my sons who are the sons of Ishmael, behold, if ye will hearken unto the voice of Nephi ye shall not perish. And if ye will hearken unto him I leave unto you a blessing, yea, even my first blessing.

But if ye will not hearken unto him I take away my first blessing, yea, even my blessing, and it shall rest upon him.

And now, Zoram, I speak unto you: Behold, thou art the servant of Laban; nevertheless, thou hast been brought out of the land of Jerusalem, and I know that thou art a true friend unto my son, Nephi, forever.

- 31 Kung gayon, sapagkat ikaw ay naging matapat ang iyong mga binhi ay pagpapalain kasama ng kanyang mga binhi, kung kaya't sila'y maninirahan sa kasaganaan nang mahabang panahon sa ibabaw ng lupaing ito; at wala, maliban sa kasamaan sa kanila, ang makapipinsala o makagagambala sa kanilang kasaganaan sa ibabaw ng lupaing ito magpakailanman.
- 32 Anupa't kung susundin mo ang mga kautusan ng Panginoon, ilalaan ng Panginoon ang lupaing ito para sa katiwasayan ng iyong mga binhi, kasama ng mga binhi ng aking anak.

Wherefore, because thou hast been faithful thy seed shall be blessed with his seed, that they dwell in prosperity long upon the face of this land; and nothing, save it shall be iniquity among them, shall harm or disturb their prosperity upon the face of this land forever.

Wherefore, if ye shall keep the commandments of the Lord, the Lord hath consecrated this land for the security of thy seed with the seed of my son.

## 2 Nephi 2

- 1 At ngayon, Jacob, nangungusap ako sa iyo: Ikaw ang aking panganay sa mga araw ng aking paghihirap sa ilang. At masdan, sa iyong kamusmusan ikaw ay nagdanas ng mga kahirapan at maraming kalungkutan, dahil sa kalupitan ng iyong mga kapatid.
- 2 Gayunman, Jacob, aking panganay sa ilang, nalalaman mo ang kadakilaan ng Diyos; at kanyang ilalaan ang iyong mga paghihirap para sa iyong kapakinabangan.
- 3 Anupa't ang iyong kaluluwa ay pagpapalain, at ikaw ay maninirahang ligtas kasama ng iyong kapatid na si Nephi; at ang iyong mga araw ay iuukol sa paglilingkod sa iyong Diyos. Kaya nga, alam ko na ikaw ay tinubos, dahil sa kabutihan ng iyong Manunubos; sapagkat namamasdan mo na sa kaganapan ng panahon siya ay paparito upang magdala ng kaligtasan sa tao.
- 4 At namasdan mo sa iyong kabataan ang kanyang kaluwalhatian; kaya nga, ikaw ay pinagpalang katulad nila na kanyang paglilingkuran sa laman; sapagkat ang Espiritu ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. At ang daan ay inihanda mula pa nang mahulog ang tao, at ang kaligtasan ay hindi binabayaran.
- 5 At ang tao ay tinuruan nang sapat upang kanilang makilala ang mabuti sa masama. At ang batas ay ipinagkaloob sa mga tao. At sa pamamagitan ng batas walang laman ang makapagmamamatwid; o, sa pamamagitan ng batas ang tao ay maihihiwalay. Oo, sa panlupang batas sila ay naihihiwalay; at gayon din, sa pamamagitan ng batas na espirituwal sila ay nalayo mula roon sa mabuti, at magiging kaaba-aba magpakailanman.
- 6 Anupa't, ang pagtubos ay darating sa at sa pamamagitan ng Banal na Mesiyas; sapagkat siya ay puspos ng biyaya at katotohanan.
- 7 Masdan, inihandog niya ang kanyang sarili na isang hain para sa kasalanan, upang tugunin ang layunin ng batas para sa lahat ng yaong may bagbag na puso at nagsisising espiritu; at walang sinumang maaaring makatugon sa mga layunin ng batas.

## 2 Nephi 2

And now, Jacob, I speak unto you: Thou art my first-born in the days of my tribulation in the wilderness. And behold, in thy childhood thou hast suffered afflictions and much sorrow, because of the rudeness of thy brethren.

Nevertheless, Jacob, my firstborn in the wilderness, thou knowest the greatness of God; and he shall consecrate thine afflictions for thy gain.

Wherefore, thy soul shall be blessed, and thou shalt dwell safely with thy brother, Nephi; and thy days shall be spent in the service of thy God. Wherefore, I know that thou art redeemed, because of the righteousness of thy Redeemer; for thou hast beheld that in the fulness of time he cometh to bring salvation unto men.

And thou hast beheld in thy youth his glory; wherefore, thou art blessed even as they unto whom he shall minister in the flesh; for the Spirit is the same, yesterday, today, and forever. And the way is prepared from the fall of man, and salvation is free.

And men are instructed sufficiently that they know good from evil. And the law is given unto men. And by the law no flesh is justified; or, by the law men are cut off. Yea, by the temporal law they were cut off; and also, by the spiritual law they perish from that which is good, and become miserable forever.

Wherefore, redemption cometh in and through the Holy Messiah; for he is full of grace and truth.

Behold, he offereth himself a sacrifice for sin, to answer the ends of the law, unto all those who have a broken heart and a contrite spirit; and unto none else can the ends of the law be answered.



- 8 Kaya nga, anong laking kahalagahan na ang mga bagay na ito ay ipaalam sa mga naninirahan sa mundo, upang kanilang malaman na walang laman ang makapananahanan sa kinaroroonan ng Diyos, maliban sa pamamagitan ng kabutihan, at awa, at biyaya ng Banal na Mesiyas, na nag-alay ng kanyang buhay ayon sa laman, at binawi itong muli sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu, upang kanyang mapapangyari ang pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, siya bilang unang magbabangon.
- 9 Anupa't, siya ang unang bunga ng Diyos, yayamang siya ang mamamagitan para sa lahat ng anak ng tao; at sila na maniniwala sa kanya ay maliligtas.
- 10 At dahil sa namagitan para sa lahat, lahat ng tao ay lalapit sa Diyos; kaya nga, sila ay tatayo sa harapan niya, upang hatulan niya alinsunod sa katotohanan at kabanalan na nasa kanya. Samakatwid, ang layunin ng batas na ipinagkaloob ng Banal, sa pagpapataw ng kaparusahan na nakaakibat, kung aling kaparusahan na nakaakibat ay taliwas doon sa kaligayahang nakaakibat, upang tugunin ang layunin ng pagbabayad-sala—
- 11 Sapagkat talagang kinakailangan, na may pagsalungat sa lahat ng bagay. Kung hindi, panganay ko sa ilang, ang kabutihan ay hindi mangyayari, ni ang kasamaan, ni ang kabanalan o kalungkutan, ni mabuti o masama. Anupa't, ang lahat ng bagay ay talagang kailangang magkasama sa isa; kaya nga, kung ito ay nararapat na maging isang katawan ito ay kailangang manatiling tulad ng isang patay, walang buhay ni kamatayan, ni kabulukan o walang kabulukan, kaligayahan ni kalungkutan, ni pakiramdam o kawalan ng pakiramdam.
- 12 Kaya nga, iyon ay talagang kinakailangang malikha para sa isang bagay na walang kabuluhan; anupa't wala sanang magiging layunin ang dahilan sa pagkakalikha nito. Kung gayon, ang bagay na ito ang tiyak na sisira sa karunungan ng Diyos at sa kanyang mga walang hanggang layunin, at gayundin sa kapangyarihan, at sa awa, at sa katarungan ng Diyos.

Wherefore, how great the importance to make these things known unto the inhabitants of the earth, that they may know that there is no flesh that can dwell in the presence of God, save it be through the merits, and mercy, and grace of the Holy Messiah, who layeth down his life according to the flesh, and taketh it again by the power of the Spirit, that he may bring to pass the resurrection of the dead, being the first that should rise.

Wherefore, he is the firstfruits unto God, inasmuch as he shall make intercession for all the children of men; and they that believe in him shall be saved.

And because of the intercession for all, all men come unto God; wherefore, they stand in the presence of him, to be judged of him according to the truth and holiness which is in him. Wherefore, the ends of the law which the Holy One hath given, unto the inflicting of the punishment which is affixed, which punishment that is affixed is in opposition to that of the happiness which is affixed, to answer the ends of the atonement—

For it must needs be, that there is an opposition in all things. If not so, my firstborn in the wilderness, righteousness could not be brought to pass, neither wickedness, neither holiness nor misery, neither good nor bad. Wherefore, all things must needs be a compound in one; wherefore, if it should be one body it must needs remain as dead, having no life neither death, nor corruption nor incorruption, happiness nor misery, neither sense nor insensibility.

Wherefore, it must needs have been created for a thing of naught; wherefore there would have been no purpose in the end of its creation. Wherefore, this thing must needs destroy the wisdom of God and his eternal purposes, and also the power, and the mercy, and the justice of God.

- 13 At kung sasabihin ninyong walang batas, sasabihin din ninyong walang kasalanan. Kung sasabihin ninyong walang kasalanan, sasabihin din ninyong walang katwiran. At kung walang katwiran ay walang kaligayahan. At kung walang kabutihan ni kaligayahan ay walang kaparusahan ni kalungkutan. At kung wala ang mga bagay na ito ay walang Diyos. At kung walang Diyos ay wala tayo, ni ang mundo; sapagkat hindi sana magkakaroon ng paglikha sa mga bagay, ni kumikilos o pinakikilos, anupa't, lahat ng bagay ay tiyak na maglalaho.
- 14 At ngayon, mga anak ko, sinasabi ko sa inyo ang mga bagay na ito para sa inyong kapakinabangan at kaalaman; sapagkat may Diyos, at nilikha niya ang lahat ng bagay, kapwa ang kalangitan at ang lupa, at lahat ng bagay na naroroon, kapwa ang mga bagay na kumikilos at mga bagay na pinakikilos.
- 15 At upang maisagawa ang kanyang mga walang hanggang layunin sa kahihinatnan ng tao, matapos na kanyang malikha ang ating mga unang magulang, at ang mga hayop sa parang at ang mga ibon sa himpapawid, at sa lalong maliwanag, lahat ng bagay na nilikha, ay talagang kinakailangan na may isang pagsalungat; maging ang ipinagbabawal na bungang-kahoy na kasalungat ng punungkahoy ng buhay; ang isa ay matamis at ang isa ay mapait.
- 16 Anupa't ipinagkaloob ng Panginoong Diyos sa tao na siya ay kumilos para sa kanyang sarili. Samakatwid, ang tao ay hindi makakikilos para sa kanyang sarili maliban kung siya ay nahikayat ng isa o ng iba.
- 17 At ako, si Lehi, ayon sa mga bagay na aking nabasa, ay talagang kailangang ipalagay na ang isang anghel ng Diyos, ayon sa yaong nakasulat, ay nahulog mula sa langit; anupa't siya ay naging diyablo, na hinahangad yaong masama sa harapan ng Diyos.

And if ye shall say there is no law, ye shall also say there is no sin. If ye shall say there is no sin, ye shall also say there is no righteousness. And if there be no righteousness there be no happiness. And if there be no righteousness nor happiness there be no punishment nor misery. And if these things are not there is no God. And if there is no God we are not, neither the earth; for there could have been no creation of things, neither to act nor to be acted upon; wherefore, all things must have vanished away.

And now, my sons, I speak unto you these things for your profit and learning; for there is a God, and he hath created all things, both the heavens and the earth, and all things that in them are, both things to act and things to be acted upon.

And to bring about his eternal purposes in the end of man, after he had created our first parents, and the beasts of the field and the fowls of the air, and in fine, all things which are created, it must needs be that there was an opposition; even the forbidden fruit in opposition to the tree of life; the one being sweet and the other bitter.

Wherefore, the Lord God gave unto man that he should act for himself. Wherefore, man could not act for himself save it should be that he was enticed by the one or the other.

And I, Lehi, according to the things which I have read, must needs suppose that an angel of God, according to that which is written, had fallen from heaven; wherefore, he became a devil, having sought that which was evil before God.

18 At sapagkat siya ay nahulog mula sa langit, at naging kaaba-aba magpakailanman, kanyang hinahangad din ang kalungkutan ng buong sangkatauhan. Anupa't sinabi niya kay Eva, oo, maging yaong matandang ahas na siyang diyablo, na siyang ama ng lahat ng kasinungalingan, kaya nga, sinabi niya: Kumain ka ng ipinagbabawal na bungang-kahoy, at hindi ka mamamatay, bagkus ikaw ay magiging katulad ng Diyos, na nakakikilala sa mabuti at masama.

19 At pagkatapos na sina Adan at Eva ay kumain ng ipinagbabawal na bungang-kahoy sila ay itinaboy palabas ng halamanan ng Eden, upang magbungkal ng lupa.

20 At sila ay nagkaroon ng mga anak; oo, maging ang mag-anak ng buong mundo.

21 At ang mga araw ng mga anak ng tao ay pinahaba, alinsunod sa kalooban ng Diyos, upang sila ay makapagsisi habang nasa laman; kaya nga, ang kanilang kalagayan ay naging kalagayan ng pagsubok, at ang kanilang panahon ay pinahaba, alinsunod sa mga kautusan ng Panginoong Diyos na ibinigay sa mga anak ng tao. Sapagkat ibinigay niya ang kautusan na ang lahat ng tao ay kinakailangang magsisi; sapagkat ipinakita niya sa lahat ng tao na sila ay naligaw, dahil sa kasalanan ng kanilang mga magulang.

22 At ngayon, masdan, kung si Adan ay hindi lumabag, hindi sana siya nahulog, manapa siya ay nanatili sa halamanan ng Eden. At lahat ng bagay na nilikha ay tiyak sanang nanatili sa dating kalagayan kung saan sila naroroon matapos na sila ay likhain; at sila sana ay tiyak na nanatili magpakailanman, at walang katapusan.

23 At sila'y hindi sana nagkaroon ng mga anak; anupa't sila sana ay nanatili sa kalagayan ng kawalang-malay, walang kaligayahan, sapagkat hindi sila nakakikilala ng kalungkutan; hindi gagawa ng mabuti, sapagkat hindi sila nakakikilala ng kasalanan.

24 Ngunit masdan, ang lahat ng bagay ay ginawa sa karunungan niya na nakaaalam ng lahat ng bagay.

25 Si Adan ay nahulog upang ang tao ay maging gayon; at ang tao ay gayon, upang sila ay magkaroon ng kagalakan.

And because he had fallen from heaven, and had become miserable forever, he sought also the misery of all mankind. Wherefore, he said unto Eve, yea, even that old serpent, who is the devil, who is the father of all lies, wherefore he said: Partake of the forbidden fruit, and ye shall not die, but ye shall be as God, knowing good and evil.

And after Adam and Eve had partaken of the forbidden fruit they were driven out of the garden of Eden, to till the earth.

And they have brought forth children; yea, even the family of all the earth.

And the days of the children of men were prolonged, according to the will of God, that they might repent while in the flesh; wherefore, their state became a state of probation, and their time was lengthened, according to the commandments which the Lord God gave unto the children of men. For he gave commandment that all men must repent; for he showed unto all men that they were lost, because of the transgression of their parents.

And now, behold, if Adam had not transgressed he would not have fallen, but he would have remained in the garden of Eden. And all things which were created must have remained in the same state in which they were after they were created; and they must have remained forever, and had no end.

And they would have had no children; wherefore they would have remained in a state of innocence, having no joy, for they knew no misery; doing no good, for they knew no sin.

But behold, all things have been done in the wisdom of him who knoweth all things.

Adam fell that men might be; and men are, that they might have joy.

26 At ang Mesiyas ay paparito sa kaganapan ng panahon, upang kanyang matubos ang mga anak ng tao mula sa pagkahulog. At dahil sa sila ay tinubos mula sa pagkahulog sila ay naging malaya magpakailanman, nakikilala ang mabuti sa masama; kumikilos para sa kanilang sarili at hindi pinakikilos, maliban sa kaparusahan ng batas sa dakila at huling araw, alinsunod sa mga kautusang ibinigay ng Diyos.

27 Anupa't ang tao ay malaya ayon sa laman; at lahat ng bagay ay ipinagkaloob sa kanila na kapaki-pakinabang sa tao. At sila ay malayang makapipili ng kalayaan at buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ng dakilang Tagapamagitan ng lahat ng tao, o piliin ang pagkabihag at kamatayan, alinsunod sa pagkabihag at kapangyarihan ng diyablo; sapagkat hinahangad niya na ang lahat ng tao ay maging kaaba-abang katulad ng kanyang sarili.

28 At ngayon, mga anak ko, nais ko na kayo ay umasa sa dakilang Tagapamagitan, at makinig sa kanyang mga dakilang kautusan; at maging matapat sa kanyang mga salita, at piliin ang buhay na walang hanggan, alinsunod sa kalooban ng kanyang Banal na Espiritu;

29 At huwag piliin ang walang hanggang kamatayan, alinsunod sa kagustuhan ng laman at ng kasamaan na naroroon, na nagbibigay sa espiritu ng diyablo ng kapangyarihang bumihag, upang madala kayo sa impiyerno, at siya ang mamamahala sa inyo sa kanyang sariling kaharian.

30 Sinabi ko ang ilang salitang ito sa inyong lahat, mga anak ko, sa huling araw ng aking pagsubok; at pinili ko ang mabuting bahagi, ayon sa mga salita ng propeta. At wala akong ibang layunin maliban sa walang hanggang kapakanan ng inyong mga kaluluwa. Amen.

And the Messiah cometh in the fulness of time, that he may redeem the children of men from the fall. And because that they are redeemed from the fall they have become free forever, knowing good from evil; to act for themselves and not to be acted upon, save it be by the punishment of the law at the great and last day, according to the commandments which God hath given.

Wherefore, men are free according to the flesh; and all things are given them which are expedient unto man. And they are free to choose liberty and eternal life, through the great Mediator of all men, or to choose captivity and death, according to the captivity and power of the devil; for he seeketh that all men might be miserable like unto himself.

And now, my sons, I would that ye should look to the great Mediator, and hearken unto his great commandments; and be faithful unto his words, and choose eternal life, according to the will of his Holy Spirit;

And not choose eternal death, according to the will of the flesh and the evil which is therein, which giveth the spirit of the devil power to captivate, to bring you down to hell, that he may reign over you in his own kingdom.

I have spoken these few words unto you all, my sons, in the last days of my probation; and I have chosen the good part, according to the words of the prophet. And I have none other object save it be the everlasting welfare of your souls. Amen.

## 2 Nephi 3

- 1 At ngayon ako ay nangungusap sa iyo, Jose, aking bunso. Ikaw ay isinilang sa ilang sa aking mga kahirapan; oo, sa mga araw ng aking pinakamasidhing kalungkutan ay dinala ka ng iyong ina.
- 2 At nawa ay ilaan din ng Panginoon ang lupaing ito sa iyo, na isang natatanging lupain, bilang iyong mana at mana ng iyong mga binhi kasama ng iyong mga kapatid, para sa iyong katiwasayan magpakailanman, kung mangyayaring iyong susundin ang mga kautusan ng Banal ng Israel.
- 3 At ngayon, Jose, aking bunso, na inilabas ko sa ilang sa aking mga kahirapan, nawa ay pagpalain ka ng Panginoon magpakailanman, sapagkat ang iyong mga binhi ay hindi lubusang malilipol.
- 4 Sapagkat masdan, ikaw ay bunga ng aking balakang; at ako ay inapo ni Jose na dinalang bihag sa Egipto. At dakila ang mga tipan ng Panginoon na ginawa niya kay Jose.
- 5 Samakatwid, tunay na nakita ni Jose ang ating panahon. At natamo niya ang pangako ng Panginoon, na mula sa bunga ng kanyang balakang ay magbabangon ang Panginoong Diyos ng isang mabuting sanga sa sambahayan ni Israel; hindi ang Mesiyas, kundi isang sangang mababali, gayon pa man, ay maaalaala sa mga tipan ng Panginoon na ang Mesiyas ay magpapakita sa kanila sa mga huling araw, sa diwa ng kapangyarihan, hanggang sa pagdadala sa kanila mula sa kadiliman, tungo sa liwanag—oo, mula sa natatagong kadiliman at pagkabihag tungo sa kalayaan.
- 6 Sapagkat si Jose ay tunay na nagpatotoo, sinasabing: Isang tagakita ang ibabangon ng Panginoon kong Diyos, na magiging piling tagakita sa bunga ng aking balakang.

## 2 Nephi 3

And now I speak unto you, Joseph, my last-born. Thou wast born in the wilderness of mine afflictions; yea, in the days of my greatest sorrow did thy mother bear thee.

And may the Lord consecrate also unto thee this land, which is a most precious land, for thine inheritance and the inheritance of thy seed with thy brethren, for thy security forever, if it so be that ye shall keep the commandments of the Holy One of Israel.

And now, Joseph, my last-born, whom I have brought out of the wilderness of mine afflictions, may the Lord bless thee forever, for thy seed shall not utterly be destroyed.

For behold, thou art the fruit of my loins; and I am a descendant of Joseph who was carried captive into Egypt. And great were the covenants of the Lord which he made unto Joseph.

Wherefore, Joseph truly saw our day. And he obtained a promise of the Lord, that out of the fruit of his loins the Lord God would raise up a righteous branch unto the house of Israel; not the Messiah, but a branch which was to be broken off, nevertheless, to be remembered in the covenants of the Lord that the Messiah should be made manifest unto them in the latter days, in the spirit of power, unto the bringing of them out of darkness unto light—yea, out of hidden darkness and out of captivity unto freedom.

For Joseph truly testified, saying: A seer shall the Lord my God raise up, who shall be a choice seer unto the fruit of my loins.

- 7 Oo, tunay na sinabi ni Jose: Ganito ang winika ng Panginoon sa akin: Isang piling tagakita ang ibabangon ko mula sa bunga ng iyong balakang; at siya ay bibigyan ng malaking pagpapahalaga sa mga bunga ng aking balakang. At sa kanya ay ibibigay ko ang kautusan na siya ay may gawaing gagampanan para sa bunga ng iyong balakang, sa kanyang mga kapatid, na magiging malaki ang kahalagahan sa kanila, maging sa pagdadala sa kanila sa kaalaman ng mga tipan na aking ginawa sa inyong mga ama.
- 8 At ibibigay ko sa kanya ang isang kautusan na wala siyang ibang gagawin, maliban sa gawaing iuutos ko sa kanya. At gagawin ko siyang dakila sa aking mga paningin; sapagkat gagawin niya ang aking gawain.
- 9 At siya ay magiging dakilang katulad ni Moises, na sinabi kong ibabangon ko sa inyo, upang palayain ang aking mga tao, O sambahayan ni Israel.
- 10 At si Moises ay aking ibabangon upang palayain ang aking mga tao sa lupain ng Egipto.
- 11 Ngunit isang tagakita ang ibabangon ko mula sa bunga ng iyong balakang; at sa kanya ay ipagkakaloob ko ang kapangyarihang isiwalat ang aking salita sa mga binhi ng iyong balakang—at hindi lamang sa pagdadala ng salita ko, wika ng Panginoon, kundi upang mapapaniwala sila sa aking salita, na napasakanila na.
- 12 Anupa't ang bunga ng iyong balakang ay susulat; at ang bunga ng balakang ni Juda ay susulat; at yaong mga isusulat ng bunga ng iyong balakang, at gayundin yaong kung alin ay isusulat ng bunga ng balakang ni Juda ay magsasama, tungo sa ikalilito ng mga maling doktrina at pag-aalis ng mga pagtatalo, at pagtatatag ng kapayapaan sa bunga ng iyong balakang, at pagdadala sa kanila sa kaalaman ng kanilang mga ama sa mga huling araw, at gayon din sa kaalaman ng aking tipan, wika ng Panginoon.
- 13 At mula sa kahinaan siya ay gagawing malakas, sa araw na yaon kung kailan ang aking gawain ay magsisimula sa lahat ng aking mga tao, tungo sa pagpapanumbalik sa iyo, O sambahayan ni Israel, ang wika ng Panginoon.

Yea, Joseph truly said: Thus saith the Lord unto me: A choice seer will I raise up out of the fruit of thy loins; and he shall be esteemed highly among the fruit of thy loins. And unto him will I give commandment that he shall do a work for the fruit of thy loins, his brethren, which shall be of great worth unto them, even to the bringing of them to the knowledge of the covenants which I have made with thy fathers.

And I will give unto him a commandment that he shall do none other work, save the work which I shall command him. And I will make him great in mine eyes; for he shall do my work.

And he shall be great like unto Moses, whom I have said I would raise up unto you, to deliver my people, O house of Israel.

And Moses will I raise up, to deliver thy people out of the land of Egypt.

But a seer will I raise up out of the fruit of thy loins; and unto him will I give power to bring forth my word unto the seed of thy loins—and not to the bringing forth my word only, saith the Lord, but to the convincing them of my word, which shall have already gone forth among them.

Wherefore, the fruit of thy loins shall write; and the fruit of the loins of Judah shall write; and that which shall be written by the fruit of thy loins, and also that which shall be written by the fruit of the loins of Judah, shall grow together, unto the confounding of false doctrines and laying down of contentions, and establishing peace among the fruit of thy loins, and bringing them to the knowledge of their fathers in the latter days, and also to the knowledge of my covenants, saith the Lord.

And out of weakness he shall be made strong, in that day when my work shall commence among all my people, unto the restoring thee, O house of Israel, saith the Lord.

- 14 At sa gayon nagpropesiya si Jose, sinasabing: Masdan, ang tagakitang yaon ay pagpapalain ng Panginoon; at sila na nagnanais na siya ay pinsalain ay malilito, sapagkat ang pangakong ito na aking natamo mula sa Panginoon, ukol sa mga bunga ng aking balakang, ay matutupad. Masdan, ako ay nakatitiyak sa katuparan ng pangakong ito.
- 15 At ang kanyang pangalan ay tatawagin sa pangalan ko; at ito ay isusunod sa pangalan ng kanyang ama. At siya ay magiging katulad ko; sapagkat ang bagay na isisiwalat ng Panginoon sa pamamagitan ng kanyang mga kamay, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Panginoon ay magdadala sa aking mga tao sa kaligtasan.
- 16 Oo, gayon ang iprinopesiya ni Jose: Natitiyak ko ang bagay na ito, maging katulad ng katiyakan ko sa pangako ng isang Moises; sapagkat sinabi ng Panginoon sa akin, pangangalagaan ko ang iyong mga binhi magpakailanman.
- 17 At winika ng Panginoon: Ako ay magbabangon ng isang Moises; at ipagkakaloob ko sa kanya ang kapangyarihan sa isang tungkod; at ipagkakaloob ko sa kanya ang kahatulan sa sulat. Gayunman hindi ko kakalagan ang kanyang dila nang siya ay makapagsalita nang labis, sapagkat hindi ko siya gagawing napakagaling sa pananalita. Kundi isusulat ko sa kanya ang aking batas, sa pamamagitan ng daliri ng sarili kong kamay; at magtatalaga ako ng tagapagsalita para sa kanya.
- 18 At sinabi rin ng Panginoon sa akin: Ako ay may ibabangon mula sa bunga ng iyong balakang; at ako ay magtatalaga para sa kanya ng isang tagapagsalita. At ako, masdan, ako ay magpapahintulot sa kanya na isulat niya ang kasulatan ng bunga ng iyong balakang, sa bunga ng iyong balakang; at ang tagapagsalita ng bunga ng iyong balakang ang magpapahayag nito.
- 19 At ang mga salitang kanyang isusulat ay mga salitang kapaki-pakinabang sa aking karunungan na dapat ipahayag sa bunga ng iyong balakang. At iyon ay mangyayari na parang ang bunga ng iyong balakang ay sumigaw sa kanila mula sa alabok; sapagkat nalalaman ko ang kanilang pananampalataya.

And thus prophesied Joseph, saying: Behold, that seer will the Lord bless; and they that seek to destroy him shall be confounded; for this promise, which I have obtained of the Lord, of the fruit of my loins, shall be fulfilled. Behold, I am sure of the fulfilling of this promise;

And his name shall be called after me; and it shall be after the name of his father. And he shall be like unto me; for the thing, which the Lord shall bring forth by his hand, by the power of the Lord shall bring my people unto salvation.

Yea, thus prophesied Joseph: I am sure of this thing, even as I am sure of the promise of Moses; for the Lord hath said unto me, I will preserve thy seed forever.

And the Lord hath said: I will raise up a Moses; and I will give power unto him in a rod; and I will give judgment unto him in writing. Yet I will not loose his tongue, that he shall speak much, for I will not make him mighty in speaking. But I will write unto him my law, by the finger of mine own hand; and I will make a spokesman for him.

And the Lord said unto me also: I will raise up unto the fruit of thy loins; and I will make for him a spokesman. And I, behold, I will give unto him that he shall write the writing of the fruit of thy loins, unto the fruit of thy loins; and the spokesman of thy loins shall declare it.

And the words which he shall write shall be the words which are expedient in my wisdom should go forth unto the fruit of thy loins. And it shall be as if the fruit of thy loins had cried unto them from the dust; for I know their faith.

20 At sila ay mangangaral mula sa alabok; oo, maging ng pagsisisi sa kanilang mga kapatid, maging hanggang sa maraming salinlahi ang dumaan sa kanila. At ito ay mangyayari na ang kanilang pangangaral ay magpapatuloy maging alinsunod sa kapayakan ng kanilang mga salita.

21 Dahil sa kanilang pananampalataya, ang kanilang mga salita ay mamumutawi sa aking bibig tungo sa kanilang mga kapatid na bunga ng iyong balakang; at ang kahinaan ng kanilang mga salita ay gagawin kong malakas sa kanilang pananampalataya, tungo sa pag-alaala ng aking tipan na aking ginawa sa inyong mga ama.

22 At ngayon, masdan, Jose, anak ko, alinsunod sa ganitong pamamaraan ang aking ama ay nagpropesiya.

23 Kaya nga, dahil sa tipang ito, ikaw ay pinagpala; sapagkat ang iyong mga binhi ay hindi malilipol, sapagkat sila ay makikinig sa mga salita ng aklat.

24 At may magbabangon na isang makapangyarihan sa kanila na gagawa ng maraming kabutihan, kapwa sa salita at sa gawa, bilang kasangkapan sa kamay ng Diyos, na may labis na pananampalataya na makagawa ng maraming kababalaghan, at makagawa ng bagay na dakila sa paningin ng Diyos, tungo sa pagsasakatuparan ng maraming pagpapanumbalik sa sambahayan ni Israel, at sa mga binhi ng iyong mga kapatid.

25 At ngayon, pinagpala ka, Jose. Masdan, ikaw ay musmos pa; kaya nga, makinig ka sa mga salita ng iyong kapatid na si Nephi, at mangyayari sa iyo maging alinsunod sa mga salitang aking sinabi. Pakatandaan mo ang mga salita ng iyong nag-aagaw-buhay na ama. Amen.

And they shall cry from the dust; yea, even repentance unto their brethren, even after many generations have gone by them. And it shall come to pass that their cry shall go, even according to the simplicity of their words.

Because of their faith their words shall proceed forth out of my mouth unto their brethren who are the fruit of thy loins; and the weakness of their words will I make strong in their faith, unto the remembering of my covenant which I made unto thy fathers.

And now, behold, my son Joseph, after this manner did my father of old prophesy.

Wherefore, because of this covenant thou art blessed; for thy seed shall not be destroyed, for they shall hearken unto the words of the book.

And there shall rise up one mighty among them, who shall do much good, both in word and in deed, being an instrument in the hands of God, with exceeding faith, to work mighty wonders, and do that thing which is great in the sight of God, unto the bringing to pass much restoration unto the house of Israel, and unto the seed of thy brethren.

And now, blessed art thou, Joseph. Behold, thou art little; wherefore hearken unto the words of thy brother, Nephi, and it shall be done unto thee even according to the words which I have spoken. Remember the words of thy dying father. Amen.



## 2 Nephi 4

- 1 At ngayon, ako, si Nephi, ay nangungusap hinggil sa mga propesiyang sinabi ng aking ama, hinggil kay Jose, na dinala sa Egipto.
- 2 Sapagkat masdan, tunay na siya ay nagpropesiya hinggil sa lahat niyang binhi. At ang mga propesiyang kanyang isinulat, ay walang maraming makahihigit pa. At siya ay nagpropesiya hinggil sa atin, at sa ating mga susunod na salinlahi; at yaon ay nakasulat sa mga laminang tanso.
- 3 Samakatwid, nang matapos sa pagsasalita ang aking ama hinggil sa mga propesiya ni Jose, tinawag niya ang mga anak ni Laman, ang kanyang mga anak na lalaki, at ang kanyang mga anak na babae, at sinabi sa kanila: Masdan, mga anak kong lalaki at babae, na mga anak na lalaki at babae ng aking panganay, nais ko na kayo ay makinig sa aking mga salita.
- 4 Sapagkat winika ng Panginoong Diyos na: Habang inyong sinusunod ang aking mga kautusan kayo ay uunlad sa lupain; at habang hindi ninyo sinusunod ang aking mga kautusan kayo ay itatakwil mula sa aking harapan.
- 5 Datapat masdan, mga anak kong lalaki at babae, hindi ako makabababa sa aking libingan hangga't hindi ko naiwan sa inyo ang aking pagbabasbas; sapagkat masdan, alam ko na kung kayo ay palalakin sa landas na dapat ninyong tahakin, hindi kayo lalayo rito.
- 6 Samakatwid, kung kayo ay masusumpa, masdan, iniiwan ko sa inyo ang aking pagbabasbas, upang ang sumpa ay maalís sa inyo at panagutan ng mga ulo ng inyong mga magulang.
- 7 Anupa't dahil sa aking pagbabasbas, hindi pahihintulutan ng Panginoong Diyos na kayo ay masawi; kaya nga, siya ay magiging maawain sa inyo at sa inyong mga binhi magpakailanman.
- 8 At ito ay nangyari na, nang matapos ang aking ama sa pagsasalita sa mga anak na lalaki at babae ni Laman, hiniling niyang ilapit sa harapan niya ang mga anak na lalaki at babae ni Lemuel.

## 2 Nephi 4

And now, I, Nephi, speak concerning the prophecies of which my father hath spoken, concerning Joseph, who was carried into Egypt.

For behold, he truly prophesied concerning all his seed. And the prophecies which he wrote, there are not many greater. And he prophesied concerning us, and our future generations; and they are written upon the plates of brass.

Wherefore, after my father had made an end of speaking concerning the prophecies of Joseph, he called the children of Laman, his sons, and his daughters, and said unto them: Behold, my sons, and my daughters, who are the sons and the daughters of my firstborn, I would that ye should give ear unto my words.

For the Lord God hath said that: Inasmuch as ye shall keep my commandments ye shall prosper in the land; and inasmuch as ye will not keep my commandments ye shall be cut off from my presence.

But behold, my sons and my daughters, I cannot go down to my grave save I should leave a blessing upon you; for behold, I know that if ye are brought up in the way ye should go ye will not depart from it.

Wherefore, if ye are cursed, behold, I leave my blessing upon you, that the cursing may be taken from you and be answered upon the heads of your parents.

Wherefore, because of my blessing the Lord God will not suffer that ye shall perish; wherefore, he will be merciful unto you and unto your seed forever.

And it came to pass that after my father had made an end of speaking to the sons and daughters of Laman, he caused the sons and daughters of Lemuel to be brought before him.

9 At nangusap siya sa kanila, sinasabing: Masdan, mga anak kong lalaki at babae, na mga anak na lalaki at babae ng aking ikalawang anak na lalaki; masdan, iniwan ko sa inyo ang katulad na pagbabasbas na iniwan ko sa mga anak na lalaki at babae ni Laman; anupa't hindi kayo lubusang malilipol; kundi sa huli ang inyong mga binhi ay pagpapalain.

10 At ito ay nangyari na, nang matapos ang aking ama sa pagsasalita sa kanila, masdan, siya ay nagsalita sa mga anak na lalaki ni Ismael, oo, at maging sa kanyang buong sambahayan.

11 At matapos na siya ay mangusap sa kanila, siya ay nagsalita kay Sam, sinasabing: Pinagpala ka, at ang iyong mga binhi; sapagkat mamanahin mo ang lupain na katulad ng iyong kapatid na si Nephi. At ang iyong mga binhi ay mapapabilang sa kanyang mga binhi; at ikaw ay matutulad din sa iyong kapatid, at ang iyong mga binhi ay matutulad sa kanyang mga binhi; at ikaw ay pagpapalain sa lahat ng iyong mga araw.

12 At ito ay nangyari na, na matapos ang aking ama, si Lehi, ay makapangusap sa buo niyang sambahayan, alinsunod sa nararamdaman ng kanyang puso at sa Espiritu ng Panginoon na nasa kanya, siya ay tumanda na. At ito ay nangyari na, na siya ay namatay, at inilibing.

13 At ito ay nangyari na, na hindi pa nakalilipas ang maraming araw pagkaraan ng kanyang kamatayan, sina Laman at Lemuel at ang mga anak na lalaki ni Ismael ay nagalit sa akin dahil sa mga babala ng Panginoon.

14 Sapagkat ako, si Nephi, ay napilitang mangusap sa kanila, alinsunod sa kanyang salita; sapagkat ako ay nangusap ng maraming bagay sa kanila, at gayon din ang aking ama, bago siya namatay; karamihan sa mga naturan ay nakasulat sa aking ibang lamina; sapagkat ang higit na malaking bahagi ng kasaysayan ay nakasulat sa aking ibang lamina.

15 At sa mga ito ay isinulat ko ang mga bagay ng aking kaluluwa, at maraming banal na kasulatan ang nakaukit sa mga laminang tanso. Sapagkat ang aking kaluluwa ay nalulugod sa mga banal na kasulatan, at ang aking puso ay nagbubulay sa mga yaon, at isinulat ang mga yaon para sa ikatututo at kapakinabangan ng aking mga anak.

And he spake unto them, saying: Behold, my sons and my daughters, who are the sons and the daughters of my second son; behold I leave unto you the same blessing which I left unto the sons and daughters of Laman; wherefore, thou shalt not utterly be destroyed; but in the end thy seed shall be blessed.

And it came to pass that when my father had made an end of speaking unto them, behold, he spake unto the sons of Ishmael, yea, and even all his household.

And after he had made an end of speaking unto them, he spake unto Sam, saying: Blessed art thou, and thy seed; for thou shalt inherit the land like unto thy brother Nephi. And thy seed shall be numbered with his seed; and thou shalt be even like unto thy brother, and thy seed like unto his seed; and thou shalt be blessed in all thy days.

And it came to pass after my father, Lehi, had spoken unto all his household, according to the feelings of his heart and the Spirit of the Lord which was in him, he waxed old. And it came to pass that he died, and was buried.

And it came to pass that not many days after his death, Laman and Lemuel and the sons of Ishmael were angry with me because of the admonitions of the Lord.

For I, Nephi, was constrained to speak unto them, according to his word; for I had spoken many things unto them, and also my father, before his death; many of which sayings are written upon mine other plates; for a more history part are written upon mine other plates.

And upon these I write the things of my soul, and many of the scriptures which are engraven upon the plates of brass. For my soul delighteth in the scriptures, and my heart pondereth them, and writeth them for the learning and the profit of my children.

16 Masdan, ang aking kaluluwa ay nalulugod sa mga bagay ng Panginoon; at ang aking puso ay patuloy na nagbubulay sa mga bagay na aking nakita at narinig.

17 Gayunpaman, sa kabila ng dakilang kabaitan ng Panginoon, sa pagpapakita sa akin ng kanyang dakila at mga kagila-gilalas na gawain, ang aking puso ay napabulalas: O kahabag-habag akong tao! Oo, ang aking puso ay nalulungkot dahil sa aking laman; ang aking kaluluwa ay nagdadalamhati dahil sa aking mga kasamaan.

18 Ako ay napipiit dahil sa mga tukso at kasalanang madaling bumibihag sa akin.

19 At kapag nais kong magsaya, ang aking puso ay dumaraing dahil sa aking mga kasalanan; gayunpaman, alam ko kung kanino ako nagtiwala.

20 Ang aking Diyos ang aking naging tagapagtaguyod; pinatnubayan niya ako sa aking mga kahirapan sa ilang; at pinangalagaan niya ako sa ibabaw ng tubig ng malawak na dagat.

21 Pinuspos niya ako ng kanyang pag-ibig, maging hanggang sa madaig ang aking laman.

22 Kanyang nilito ang aking mga kaaway, hanggang sa papangyarihin na sila ay mayanig sa harapan ko.

23 Masdan, narinig niya ang aking samo sa araw, at binigyan niya ako ng kaalaman sa pamamagitan ng mga pangitain sa gabi.

24 At sa araw ako ay nawalan ng takot na taimtim na manalangin sa harapan niya; oo, ang aking tinig ay pinararating ko sa kaitaasan; at ang mga anghel ay bumaba at naglingkod sa akin.

25 At sa mga bagwis ng kanyang Espiritu ay dinala ang aking katawan sa lubhang matataas na bundok. At ang aking mga mata ay nakamalas ng mga dakilang bagay, oo, maging napakadakila para sa tao; anupa't ako ay pinagbawalang isulat ang mga yaon.

26 O pagkatapos, kung nasaksihan ko ang mga gayong kadakilang bagay, kung ang Panginoon sa kanyang pagpapakababa sa mga anak ng tao ay dinalaw ang tao sa labis na pagkaawa, bakit mananangis ang aking puso at ang kaluluwa ko ay mamamalagi sa lambak ng kalungkutan, at ang aking katawan ay nanlalambot, at ang aking lakas ay nanghihina, dahil sa aking paghihirap?

Behold, my soul delighteth in the things of the Lord; and my heart pondereth continually upon the things which I have seen and heard.

Nevertheless, notwithstanding the great goodness of the Lord, in showing me his great and marvelous works, my heart exclaimeth: O wretched man that I am! Yea, my heart sorroweth because of my flesh; my soul grieveth because of mine iniquities.

I am encompassed about, because of the temptations and the sins which do so easily beset me.

And when I desire to rejoice, my heart groaneth because of my sins; nevertheless, I know in whom I have trusted.

My God hath been my support; he hath led me through mine afflictions in the wilderness; and he hath preserved me upon the waters of the great deep.

He hath filled me with his love, even unto the consuming of my flesh.

He hath confounded mine enemies, unto the causing of them to quake before me.

Behold, he hath heard my cry by day, and he hath given me knowledge by visions in the night-time.

And by day have I waxed bold in mighty prayer before him; yea, my voice have I sent up on high; and angels came down and ministered unto me.

And upon the wings of his Spirit hath my body been carried away upon exceedingly high mountains. And mine eyes have beheld great things, yea, even too great for man; therefore I was bidden that I should not write them.

O then, if I have seen so great things, if the Lord in his condescension unto the children of men hath visited men in so much mercy, why should my heart weep and my soul linger in the valley of sorrow, and my flesh waste away, and my strength slacken, because of mine afflictions?

- 27 At bakit ako magpapatalo sa kasalanan, dahil sa aking laman? Oo, bakit ko bibigyang-daan ang mga tukso, na ang masama ay magkaroon ng pitak sa aking puso upang wasakin ang aking katahimikan at pahirapan ang aking kaluluwa? Bakit ako nagagalit dahil sa aking kaaway?
- 28 Gumising, kaluluwa ko! Huwag nang yumuko sa kasalanan. Magsaya, O aking puso, at huwag nang magbigay-puwang kailanman sa kaaway ng aking kaluluwa.
- 29 Huwag nang muling magalit dahil sa aking mga kaaway. Huwag nang manghina ang aking lakas dahil sa aking mga paghihirap.
- 30 Magsaya, O aking puso, at magsumamo sa Panginoon, at sabihin: O Panginoon, pupurihin ko kayo magpakailanman; oo, ang aking kaluluwa ay magsasaya sa inyo, aking Diyos, at bato ng aking kaligtasan.
- 31 O Panginoon, maaari bang tubusin ninyo ang aking kaluluwa? Maaari bang iligtas ninyo ako mula sa mga kamay ng aking mga kaaway? Maaari bang gawin ninyong ako ay manginig sa paglitaw ng kasalanan?
- 32 Sana ang mga pasukan ng impiyerno ay patuloy na mapinid sa harapan ko, sapagkat ang aking puso ay bagbag at ang aking espiritu ay nagsisisi! O Panginoon, maaari bang huwag ninyong ipinid ang mga pasukan ng inyong kabutihan sa harapan ko, upang ako ay makalakad sa landas ng mababang lambak, upang ako ay manatili sa patag na daan!
- 33 O Panginoon, maaari bang balutin ninyo ako ng bata ng inyong kabutihan! O Panginoon, maaari bang igawa ninyo ako ng daan upang makatakas sa harapan ng aking mga kaaway! Maaari bang gawin ninyong tuwid ang aking landas sa harapan ko! Maaari bang huwag kayong maglagay ng batong katitisan sa aking daraanan—bagkus inyong hawanin ang aking daraanan sa harapan ko, at huwag ninyong sanggahan ang aking landas, kundi ang daan ng aking kaaway.
- 34 O Panginoon, ako ay nagtiwala sa inyo, at ako ay magtiwala sa inyo magpakailanman. Hindi ako magtiwala sa bisig ng laman; sapagkat alam kong sumpain siya na nagtiwala sa bisig ng laman. Oo, sumpain siya na nagtiwala sa tao at ginagawa ang laman na kanyang bisig.

And why should I yield to sin, because of my flesh? Yea, why should I give way to temptations, that the evil one have place in my heart to destroy my peace and afflict my soul? Why am I angry because of mine enemy?

Awake, my soul! No longer droop in sin. Rejoice, O my heart, and give place no more for the enemy of my soul.

Do not anger again because of mine enemies. Do not slacken my strength because of mine afflictions.

Rejoice, O my heart, and cry unto the Lord, and say: O Lord, I will praise thee forever; yea, my soul will rejoice in thee, my God, and the rock of my salvation.

O Lord, wilt thou redeem my soul? Wilt thou deliver me out of the hands of mine enemies? Wilt thou make me that I may shake at the appearance of sin?

May the gates of hell be shut continually before me, because that my heart is broken and my spirit is contrite! O Lord, wilt thou not shut the gates of thy righteousness before me, that I may walk in the path of the low valley, that I may be strict in the plain road!

O Lord, wilt thou encircle me around in the robe of thy righteousness! O Lord, wilt thou make a way for mine escape before mine enemies! Wilt thou make my path straight before me! Wilt thou not place a stumbling block in my way—but that thou wouldst clear my way before me, and hedge not up my way, but the ways of mine enemy.

O Lord, I have trusted in thee, and I will trust in thee forever. I will not put my trust in the arm of flesh; for I know that cursed is he that putteth his trust in the arm of flesh. Yea, cursed is he that putteth his trust in man or maketh flesh his arm.

35 Oo, alam ko na ang Diyos ay magkakaloob nang sagana sa kanya na humihingi. Oo, ang aking Diyos ay pagkakalooban ako, kung ako ay hihingi nang hindi lisyá; samakatwid, paaabot ko ang aking tinig sa inyo, oo, ako ay magsusumamo sa inyo, aking Diyos, ang bato ng aking kabutihan. Masdan, ang aking tinig ay papailanglang sa inyo magpakailanman, aking bato at aking Diyos na walang hanggan. Amen.

Yea, I know that God will give liberally to him that asketh. Yea, my God will give me, if I ask not amiss; therefore I will lift up my voice unto thee; yea, I will cry unto thee, my God, the rock of my righteousness. Behold, my voice shall forever ascend up unto thee, my rock and mine everlasting God. Amen.

## 2 Nephi 5

- 1 Masdan, ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay labis na nagsumamo sa Panginoon kong Diyos, dahil sa galit ng aking mga kapatid.
- 2 Datapwat masdan, ang kanilang galit ay lalong naragdagan laban sa akin, hanggang sa hinangad nilang kitlin ang aking buhay.
- 3 Oo, sila ay bumulong-bulong laban sa akin, sinasabing: Ang ating nakababatang kapatid ay nag-iisip na mamuno sa atin; at tayo ay nagkaroon na ng maraming pagsubok dahil sa kanya; kaya nga, ngayon, atin siyang patayin, upang hindi na tayo mahirapan pa dahil sa kanyang mga salita. Sapagkat masdan, hindi natin siya mapahihintulutang maging ating pinuno; sapagkat nauukol sa atin na kanyang mga nakatatandang kapatid, ang mamuno sa mga taong ito.
- 4 Ngayon hindi ko isinusulat sa mga laminang ito ang lahat ng salitang kanilang ibinulong-bulong laban sa akin. Datapwat sapat nang aking sabihin na hinangad nilang kitlin ang aking buhay.
- 5 At ito ay nangyari na, na binalaan ako ng Panginoon, na ako, si Nephi, ay dapat na lumayo sa kanila at tumakas patungo sa ilang, at gayon din ang lahat ng gustong sumama sa akin.
- 6 Kung kaya, ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay ipinagsama ang aking mag-anak, at gayon din si Zoram at ang kanyang mag-anak, at si Sam, ang aking nakatatandang kapatid at ang kanyang mag-anak, at sina Jacob at Jose, ang aking mga nakababatang kapatid, at gayon din ang aking mga kapatid na babae, at ang lahat ng may nais na sumama sa akin. At ang lahat ng nagnais na sumama sa akin ay yaong mga naniniwala sa mga babala at paghahayag ng Diyos; anupa't sila ay nakinig sa aking mga salita.
- 7 At dinala namin ang aming mga tolda at ang lahat ng bagay na maaari naming madala, at kami ay naglakbay sa ilang sa loob ng maraming araw. At makaraang kami ay maglakbay sa loob ng maraming araw ay itinayo namin ang aming mga tolda.
- 8 At ninais ng aking mga tao na tawagin namin ang pook sa pangalang Nephi; kaya nga, tinawag namin itong Nephi.

## 2 Nephi 5

Behold, it came to pass that I, Nephi, did cry much unto the Lord my God, because of the anger of my brethren.

But behold, their anger did increase against me, insomuch that they did seek to take away my life.

Yea, they did murmur against me, saying: Our younger brother thinks to rule over us; and we have had much trial because of him; wherefore, now let us slay him, that we may not be afflicted more because of his words. For behold, we will not have him to be our ruler; for it belongs unto us, who are the elder brethren, to rule over this people.

Now I do not write upon these plates all the words which they murmured against me. But it sufficeth me to say, that they did seek to take away my life.

And it came to pass that the Lord did warn me, that I, Nephi, should depart from them and flee into the wilderness, and all those who would go with me.

Wherefore, it came to pass that I, Nephi, did take my family, and also Zoram and his family, and Sam, mine elder brother and his family, and Jacob and Joseph, my younger brethren, and also my sisters, and all those who would go with me. And all those who would go with me were those who believed in the warnings and the revelations of God; wherefore, they did hearken unto my words.

And we did take our tents and whatsoever things were possible for us, and did journey in the wilderness for the space of many days. And after we had journeyed for the space of many days we did pitch our tents.

And my people would that we should call the name of the place Nephi; wherefore, we did call it Nephi.

- 9 At lahat silang sumama sa akin ay tinaglay sa kanilang sarili ang taguring mga tao ni Nephi.
- 10 At aming pinagsikapang sundin ang mga kahatulan, at ang mga batas, at ang mga kautusan ng Panginoon sa lahat ng bagay, alinsunod sa mga batas ni Moises.
- 11 At ang Panginoon ay sumaaamin; at kami ay labis na umunlad; sapagkat naghasik kami ng binhi, at muli kaming umani nang masagana. At kami ay nagsimulang mag-alaga ng mga kawan ng tupa at baka, at mga hayop na iba't ibang uri.
- 12 At ako, si Nephi, ay dinala rin ang mga talaang nakaukit sa mga laminang tanso; at gayon din ang bola, o aguhon, na inihanda para sa aking ama ng kamay ng Panginoon, alinsunod sa nasusulat.
- 13 At ito ay nangyari na, na kami ay nagsimulang umunlad nang labis, at dumami sa lupain.
- 14 At ako, si Nephi, ay kinuha ang espada ni Laban, at alinsunod sa pagkakagawa nito ay gumawa ng maraming espada, baka sa anumang paraan ang mga tao na ngayon ay tinatawag na mga Lamanita ay sumalakay sa amin at kami ay lipulin; sapagkat nalalaman ko ang pagkapoot nila sa akin at sa aking mga anak at sa kanila na tinatawag na aking mga tao.
- 15 At tinuruan ko ang aking mga tao na magtayo ng mga gusali, at kayarian ng lahat ng uri ng kahoy, at ng bakal, at ng tanso, at ng asero, at ng ginto, at ng pilak, at ng mahahalagang inang mina, na lubhang napakarami.
- 16 At ako, si Nephi, ay nagtayo ng templo; at ito ay itinayo ko alinsunod sa pagkakayari ng templo ni Solomon maliban sa ito ay hindi niyari sa maraming mahalagang bagay; sapagkat ang mga ito ay hindi matatagpuan sa lupain, kaya nga, ito ay hindi mayayari na katulad ng templo ni Solomon. Datapwat ang paraan ng pagkakagawa ay katulad ng templo ni Solomon; at ang pagkakayari niyon ay labis na mahusay.
- 17 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay pinapangyaring maging masisipag ang aking mga tao, at gumawa sa pamamagitan ng kanilang mga kamay.

And all those who were with me did take upon them to call themselves the people of Nephi.

And we did observe to keep the judgments, and the statutes, and the commandments of the Lord in all things, according to the law of Moses.

And the Lord was with us; and we did prosper exceedingly; for we did sow seed, and we did reap again in abundance. And we began to raise flocks, and herds, and animals of every kind.

And I, Nephi, had also brought the records which were engraven upon the plates of brass; and also the ball, or compass, which was prepared for my father by the hand of the Lord, according to that which is written.

And it came to pass that we began to prosper exceedingly, and to multiply in the land.

And I, Nephi, did take the sword of Laban, and after the manner of it did make many swords, lest by any means the people who were now called Lamanites should come upon us and destroy us; for I knew their hatred towards me and my children and those who were called my people.

And I did teach my people to build buildings, and to work in all manner of wood, and of iron, and of copper, and of brass, and of steel, and of gold, and of silver, and of precious ores, which were in great abundance.

And I, Nephi, did build a temple; and I did construct it after the manner of the temple of Solomon save it were not built of so many precious things; for they were not to be found upon the land, wherefore, it could not be built like unto Solomon's temple. But the manner of the construction was like unto the temple of Solomon; and the workmanship thereof was exceedingly fine.

And it came to pass that I, Nephi, did cause my people to be industrious, and to labor with their hands.

- 18 At ito ay nangyari na, na ninais nilang ako ang kanilang maging hari. Datapwat ako, si Nephi, ay naghangad na huwag silang magkaroon ng hari; gayunpaman, ginawa ko para sa kanila ang alinsunod sa kapangyarihan na nasa akin.
- 19 At masdan, ang mga salita ng Panginoon ay natupad sa aking mga kapatid, na kanyang sinabi hinggil sa kanila, na ako ang kanilang magiging pinuno at kanilang guro. Samakatwid, ako ang kanilang naging pinuno at kanilang guro, alinsunod sa mga kautusan ng Panginoon, hanggang sa panahong kanilang hangaring kitlin ang aking buhay.
- 20 Samakatwid, ang salita ng Panginoon ay natupad na kanyang sinabi sa akin, sinasabing: Kung hindi sila makikinig sa iyong mga salita sila ay itatakwil mula sa harapan ng Panginoon. At masdan, sila ay itinakwil mula sa kanyang harapan.
- 21 At itinulot niyang sumapit sa kanila ang sumpa, oo, maging isang masidhing sumpa, dahil sa kanilang kasamaan. Sapagkat masdan, pinatigas nila ang kanilang mga puso laban sa kanya, kung kaya't natulad sila sa batong kiskisan; anupa't sapagkat sila ay mapuputi, at labis na kaaya-aya at kalugud-lugod, upang hindi sila maging kaakit-akit sa aking mga tao ay itinulot ng Panginoong Diyos na umitim ang kanilang mga balat.
- 22 At ganito ang wika ng Panginoong Diyos: Itutulot ko na sila ay maging karima-rimarim sa iyong mga tao, maliban na lamang kung magsisisi sila sa kanilang mga kasamaan.
- 23 At kasumpa-sumpa ang mga binhi niya na makikiisa sa kanilang mga binhi; sapagkat masusumpa sila ng gayon ding sumpa. At winika ito ng Panginoon, at ito ay nangyari nga.
- 24 At dahil sa sumpa na napasakanila sila ay naging mga tamad na tao, puno ng kalokohan at katusuhan, at naghanap sa ilang ng mga hayop na mahuhuli.
- 25 At sinabi sa akin ng Panginoong Diyos: Sila ay magiging pahirap sa iyong mga binhi, upang pukawin sila sa pag-alaala sa akin; at habang hindi nila ako naaalaala, at makikinig sa aking mga salita, kanilang pahihirapan sila maging tungo sa pagkalipol.

And it came to pass that they would that I should be their king. But I, Nephi, was desirous that they should have no king; nevertheless, I did for them according to that which was in my power.

And behold, the words of the Lord had been fulfilled unto my brethren, which he spake concerning them, that I should be their ruler and their teacher. Wherefore, I had been their ruler and their teacher, according to the commandments of the Lord, until the time they sought to take away my life.

Wherefore, the word of the Lord was fulfilled which he spake unto me, saying that: Inasmuch as they will not hearken unto thy words they shall be cut off from the presence of the Lord. And behold, they were cut off from his presence.

And he had caused the cursing to come upon them, yea, even a sore cursing, because of their iniquity. For behold, they had hardened their hearts against him, that they had become like unto a flint; wherefore, as they were white, and exceedingly fair and delightsome, that they might not be enticing unto my people the Lord God did cause a skin of blackness to come upon them.

And thus saith the Lord God: I will cause that they shall be loathsome unto thy people, save they shall repent of their iniquities.

And cursed shall be the seed of him that mixeth with their seed; for they shall be cursed even with the same cursing. And the Lord spake it, and it was done.

And because of their cursing which was upon them they did become an idle people, full of mischief and subtlety, and did seek in the wilderness for beasts of prey.

And the Lord God said unto me: They shall be a scourge unto thy seed, to stir them up in remembrance of me; and inasmuch as they will not remember me, and hearken unto my words, they shall scourge them even unto destruction.



26 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay itinalaga sina Jacob at Jose, na maging mga saserdote at guro sila sa lupain ng aking mga tao.

27 At ito ay nangyari na, na kami ay namuhay nang maligaya.

28 At lumipas ang tatlung taon mula sa panahong nilisan namin ang Jerusalem.

29 At ako, si Nephi, ang nag-iingat ng mga talaan sa aking mga lamina, na aking ginawa, tungkol sa aking mga tao sa ngayon.

30 At ito ay nangyari na, na ang Panginoong Diyos ay sinabi sa akin: Gumawa ng iba pang mga lamina; at marami kang iuukit na bagay sa mga ito na mabuti sa aking paningin, para sa kapakinabangan ng iyong mga tao.

31 Anupa't, ako, si Nephi, upang maging masunurin sa mga kautusan ng Panginoon, ay humayo at ginawa ang mga laminang ito kung saan ko iniukit ang mga bagay na ito.

32 At inukit ko ang yaong kasiya-siya sa Diyos. At kung nasisiyahan ang aking mga tao sa mga bagay ng Diyos sila ay masisiyahan sa aking mga inukit na nasa mga laminang ito.

33 At kung naising malaman ng aking mga tao ang tiyak na bahagi ng kasaysayan ng aking mga tao ay kinakailangan nilang saliksikin ang iba ko pang mga lamina.

34 At sapat nang sabihin ko na apatnapung taon ang lumipas, at kami ay nagkaroon na ng mga digmaan at pakikipag-alitan sa aming mga kapatid.

And it came to pass that I, Nephi, did consecrate Jacob and Joseph, that they should be priests and teachers over the land of my people.

And it came to pass that we lived after the manner of happiness.

And thirty years had passed away from the time we left Jerusalem.

And I, Nephi, had kept the records upon my plates, which I had made, of my people thus far.

And it came to pass that the Lord God said unto me: Make other plates; and thou shalt engraven many things upon them which are good in my sight, for the profit of thy people.

Wherefore, I, Nephi, to be obedient to the commandments of the Lord, went and made these plates upon which I have engraven these things.

And I engraved that which is pleasing unto God. And if my people are pleased with the things of God they will be pleased with mine engravings which are upon these plates.

And if my people desire to know the more particular part of the history of my people they must search mine other plates.

And it sufficeth me to say that forty years had passed away, and we had already had wars and contentions with our brethren.

## 2 Nephi 6

- 1 Ang mga salita ni Jacob, na kapatid ni Nephi, na kanyang sinabi sa mga tao ni Nephi:
- 2 Masdan, mga minamahal kong kapatid, ako, si Jacob, na tinawag ng Diyos, at inordenan alinsunod sa kanyang banal na orden, at itinalaga ng aking kapatid na si Nephi, na inyong kinikilala bilang isang hari o isang tagapagtanggol, at kung kanino kayo ay umaasa para sa kaligtasan, masdan inyong nalalaman na lubhang maraming bagay na ang aking nasabi sa inyo.
- 3 Gayon pa man, ako ay nagsasalitang muli sa inyo; sapagkat inaalaala ko ang kapakanan ng inyong mga kaluluwa. Oo, labis ang aking pag-aalaala sa inyo; at nalalaman din ninyo na noon pa man ay nag-aalaala na ako. Sapagkat akin kayong pinagpayuhan nang buong sigasig; at itinuro ko sa inyo ang mga salita ng aking ama; at nangusap ako sa inyo hinggil sa lahat ng bagay na nasusulat, mula sa pagkakalikha ng daigdig.
- 4 At ngayon, masdan, ako ay mangungusap sa inyo hinggil sa mga bagay na nangyayari, at yaong mga mangyayari pa; kaya nga, babasahin ko sa inyo ang mga salita ni Isaias. At yaon ang mga salitang ninanais ng aking kapatid na aking sabihin sa inyo. At ako ay nangungusap sa inyo para sa inyong sariling kapakanan, upang matuto kayo at papurihan ang pangalan ng inyong Diyos.
- 5 At ngayon, ang mga salitang aking babasahin ay yaong mga sinabi ni Isaias hinggil sa buong sambahayan ni Israel; anupa't ang mga iyon ay maaaring ihalintulad sa inyo, sapagkat kayo ay kabilang sa sambahayan ni Israel. At maraming bagay ang mga nasabi ni Isaias na maaaring ihalintulad sa inyo, sapagkat kayo ay kabilang sa sambahayan ni Israel.
- 6 At ngayon, ito ang mga salita: Ganito ang wika ng Panginoong Diyos: Masdan, itataas ko ang aking kamay sa mga Gentil, at itatayo ko ang aking sagisag sa mga tao; at kakalungin nila ang iyong mga anak na lalaki sa kanilang mga bisig, at ang iyong mga anak na babae ay papasanin sa kanilang mga balikat.

## 2 Nephi 6

The words of Jacob, the brother of Nephi, which he spake unto the people of Nephi:

Behold, my beloved brethren, I, Jacob, having been called of God, and ordained after the manner of his holy order, and having been consecrated by my brother Nephi, unto whom ye look as a king or a protector, and on whom ye depend for safety, behold ye know that I have spoken unto you exceedingly many things.

Nevertheless, I speak unto you again; for I am desirous for the welfare of your souls. Yea, mine anxiety is great for you; and ye yourselves know that it ever has been. For I have exhorted you with all diligence; and I have taught you the words of my father; and I have spoken unto you concerning all things which are written, from the creation of the world.

And now, behold, I would speak unto you concerning things which are, and which are to come; wherefore, I will read you the words of Isaiah. And they are the words which my brother has desired that I should speak unto you. And I speak unto you for your sakes, that ye may learn and glorify the name of your God.

And now, the words which I shall read are they which Isaiah spake concerning all the house of Israel; wherefore, they may be likened unto you, for ye are of the house of Israel. And there are many things which have been spoken by Isaiah which may be likened unto you, because ye are of the house of Israel.

And now, these are the words: Thus saith the Lord God: Behold, I will lift up mine hand to the Gentiles, and set up my standard to the people; and they shall bring thy sons in their arms, and thy daughters shall be carried upon their shoulders.

- 7 At mga hari ang iyong magiging mga tagakandiling ama, at ang kanilang mga reyna ay iyong mga tagakandiling ina; magsisiyukod sila sa iyo na ang kanilang mga mukha ay nasa lupa, at hihimurin ang alikabok ng iyong mga paa; at iyong makikilala na ako ang Panginoon; sapagkat ang mga naghihintay sa akin ay hindi mahihiya.
- 8 At ngayon, ako, si Jacob, ay mangungusap nang bahagya hinggil sa mga salitang ito. Sapagkat masdan, ipinakita sa akin ng Panginoon na ang mga yaong nasa Jerusalem, kung saan tayo nagmula, ay napatay at mga dinalang bihag.
- 9 Gayon pa man, ipinakita sa akin ng Panginoon na muli silang magbabalik. At ipinakita rin niya sa akin na ang Panginoong Diyos, ang Banal ng Israel, ay magpapakita ng kanyang sarili sa kanila sa laman; at matapos niyang ipakita ang sarili ay kanilang pahihirapan siya at ipapako sa krus, ayon sa mga salita ng anghel na kumausap sa akin.
- 10 At matapos nilang patigas ang kanilang mga puso at patigas ang kanilang mga leeg laban sa Banal ng Israel, masdan, ang paghuhukom ng Banal ng Israel ay sasapit sa kanila. At darating ang araw na sila ay babagabagin at pahihirapan.
- 11 Samakatwid, matapos na itaboy sila nang paroo't parito, sapagkat gayon ang wika ng anghel, marami ang pahihirapan sa laman, at hindi pahihintulutang masawi, dahil sa mga panalangin ng matatapat; ikakalat sila at babagabagin, at kapopootan; gayon pa man, ang Panginoon ay magiging maawain sa kanila, na kapag makarating sila sa kaalaman ng kanilang Manunubos, sila ay muling sama-samang titipunin sa mga lupaing kanilang mana.
- 12 At pinagpala ang mga Gentil, sila na mga isinulat ng propeta; sapagkat masdan, kung sakali mang magsisi sila at hindi kakalabanin ang Sion, at hindi makikiisa sa yaong makapangyarihan at karumaldumal na simbahan, sila ay maliligtas; sapagkat tutuparin ng Panginoong Diyos ang kanyang mga tipan na kanyang ginawa sa kanyang mga anak; at sa kadahilanang ito isinulat ng propeta ang mga bagay na ito.

And kings shall be thy nursing fathers, and their queens thy nursing mothers; they shall bow down to thee with their faces towards the earth, and lick up the dust of thy feet; and thou shalt know that I am the Lord; for they shall not be ashamed that wait for me.

And now I, Jacob, would speak somewhat concerning these words. For behold, the Lord has shown me that those who were at Jerusalem, from whence we came, have been slain and carried away captive.

Nevertheless, the Lord has shown unto me that they should return again. And he also has shown unto me that the Lord God, the Holy One of Israel, should manifest himself unto them in the flesh; and after he should manifest himself they should scourge him and crucify him, according to the words of the angel who spake it unto me.

And after they have hardened their hearts and stiffened their necks against the Holy One of Israel, behold, the judgments of the Holy One of Israel shall come upon them. And the day cometh that they shall be smitten and afflicted.

Wherefore, after they are driven to and fro, for thus saith the angel, many shall be afflicted in the flesh, and shall not be suffered to perish, because of the prayers of the faithful; they shall be scattered, and smitten, and hated; nevertheless, the Lord will be merciful unto them, that when they shall come to the knowledge of their Redeemer, they shall be gathered together again to the lands of their inheritance.

And blessed are the Gentiles, they of whom the prophet has written; for behold, if it so be that they shall repent and fight not against Zion, and do not unite themselves to that great and abominable church, they shall be saved; for the Lord God will fulfil his covenants which he has made unto his children; and for this cause the prophet has written these things.

- 13 Samakatwid, sila na kumakalaban sa Sion at sa mga pinagtipanang tao ng Panginoon ay hihimurin ang alikabok sa kanilang mga paa; at ang mga tao ng Panginoon ay hindi mahihiya. Sapagkat ang mga tao ng Panginoon ay sila na mga naghihintay sa kanya; sapagkat kanila pa ring hinihintay ang pagparito ng Mesiyas.
- 14 At masdan, ayon sa mga salita ng propeta, ang Mesiyas ay muling paparito sa ikalawang pagkakataon upang bawiin silang muli; anupa't ipakikita niya ang kanyang sarili sa kanila sa kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian, tungo sa pagkawasak ng kanilang mga kaaway, sa pagdating ng araw na yaon na maniniwala sila sa kanya; at hindi niya lilipulin ang naniniwala sa kanya.
- 15 At sila na hindi maniniwala sa kanya ay lilipulin, kapwa sa pamamagitan ng apoy, at sa pamamagitan ng bagyo, at sa pamamagitan ng lindol, at sa pamamagitan ng mga pagdanak ng dugo, at sa pamamagitan ng mga salot, at sa pamamagitan ng taggutom. At makikilala nila na ang Panginoon ay Diyos, ang Banal ng Israel.
- 16 Sapagkat makukuha ba sa makapangyarihan ang kanyang huli, o ang talagang nabihag ay makalalaya?
- 17 Subalit ganito ang wika ng Panginoon: Maging ang mga bihag ng makapangyarihan ay kukunin, at ang huli ng kakila-kilabot ay makalalaya; sapagkat ililigtas ng Makapangyarihang Diyos ang kanyang mga pinagtipanang tao. Sapagkat ganito ang wika ng Panginoon: Makikipaglaban ako sa kanila na nakikipaglaban sa iyo—
- 18 At pakakainin ko sila na nang-aapi sa iyo, ng kanilang sariling laman; at malalango sila ng kanilang sariling dugo gaya ng matamis na alak; at makikilala ng lahat ng tao na ako ang Panginoon, ang iyong Tagapagligtas at iyong Manunubos, ang Makapangyarihan ni Jacob.

Wherefore, they that fight against Zion and the covenant people of the Lord shall lick up the dust of their feet; and the people of the Lord shall not be ashamed. For the people of the Lord are they who wait for him; for they still wait for the coming of the Messiah.

And behold, according to the words of the prophet, the Messiah will set himself again the second time to recover them; wherefore, he will manifest himself unto them in power and great glory, unto the destruction of their enemies, when that day cometh when they shall believe in him; and none will he destroy that believe in him.

And they that believe not in him shall be destroyed, both by fire, and by tempest, and by earthquakes, and by bloodsheds, and by pestilence, and by famine. And they shall know that the Lord is God, the Holy One of Israel.

For shall the prey be taken from the mighty, or the lawful captive delivered?

But thus saith the Lord: Even the captives of the mighty shall be taken away, and the prey of the terrible shall be delivered; for the Mighty God shall deliver his covenant people. For thus saith the Lord: I will contend with them that contendeth with thee—

And I will feed them that oppress thee, with their own flesh; and they shall be drunken with their own blood as with sweet wine; and all flesh shall know that I the Lord am thy Savior and thy Redeemer, the Mighty One of Jacob.

## 2 Nephi 7

- 1 Oo, sapagkat ganito ang wika ng Panginoon: Isinantabi ba kita, o itinakwil ba kita nang tuluyan? Sapagkat ganito ang wika ng Panginoon: Saan naroon ang sulat ng paghihiwalay sa iyong ina? Kanino ba kita ipinagpalit, o kanino ba sa mga nagpapautang sa akin kita ipinagbili? Oo, kanino kita ipinagbili? Masdan, dahil sa inyong mga kasamaan ipinagbili ninyo ang inyong sarili, at dahil sa inyong mga kasalanan ang iyong ina ay isinantabi.
- 2 Samakatwid, nang dumating ako, walang tao; nang ako ay tumawag, oo, ay walang sinumang sumagot. O sambahayan ni Israel, naging maiksi na ba ang aking kamay na hindi makatubos, o wala ba akong kapangyarihang makapagligtas? Masdan, sa saway ko ay aking tinutuyo ang dagat, ginagawa kong ilang ang kanilang mga ilog at ang kanilang mga isda ay bumabaho dahil sa nangatuyo ang tubig, at nangamatay sila dahil sa uhaw.
- 3 Bibihisan ko ng kadiliman ang kalangitan, at gagawin ko ang damit na magaspang na kanilang pantakip.
- 4 Binigyan ako ng Panginoong Diyos ng dila ng nangaturuan, upang aking malaman kung paanong aluin kayo ng mga salita sa tamang panahon, O sambahayan ni Israel. Kapag kayo ay nanlulupaypay siya ay nagigising tuwing umaga. Ginigising niya ang aking tainga upang makarinig ng gaya ng mga nangaturuan.
- 5 Binuksan ng Panginoong Diyos ang aking tainga, at ako ay hindi naging mapanghimagsik, ni tumalikod man.
- 6 Aking ipinain ang aking likod sa mga mananakit, at ang aking mga pisngi sa mga bumabaltak ng balbas. Hindi ko ikinubli ang aking mukha sa kahihyan at sa paglura.
- 7 Sapagkat tutulungan ako ng Panginoong Diyos, samakatwid hindi ako maaaring malito. Anupa't inilagay ko ang aking mukha na parang batong kiskisan, at nalalaman kong hindi ako mapapahiya.
- 8 At malapit ang Panginoon, at pinawawalang-sala niya ako. Sino ang makikipaglaban sa akin? Tayo ay magsitayong magkakasama. Sino ang aking kaaway? Hayaang lumapit siya sa akin, at babagabagin ko siya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng aking bibig.

## 2 Nephi 7

Yea, for thus saith the Lord: Have I put thee away, or have I cast thee off forever? For thus saith the Lord: Where is the bill of your mother's divorcement? To whom have I put thee away, or to which of my creditors have I sold you? Yea, to whom have I sold you? Behold, for your iniquities have ye sold yourselves, and for your transgressions is your mother put away.

Wherefore, when I came, there was no man; when I called, yea, there was none to answer. O house of Israel, is my hand shortened at all that it cannot redeem, or have I no power to deliver? Behold, at my rebuke I dry up the sea, I make their rivers a wilderness and their fish to stink because the waters are dried up, and they die because of thirst.

I clothe the heavens with blackness, and I make sackcloth their covering.

The Lord God hath given me the tongue of the learned, that I should know how to speak a word in season unto thee, O house of Israel. When ye are weary he waketh morning by morning. He waketh mine ear to hear as the learned.

The Lord God hath opened mine ear, and I was not rebellious, neither turned away back.

I gave my back to the smiter, and my cheeks to them that plucked off the hair. I hid not my face from shame and spitting.

For the Lord God will help me, therefore shall I not be confounded. Therefore have I set my face like a flint, and I know that I shall not be ashamed.

And the Lord is near, and he justifieth me. Who will contend with me? Let us stand together. Who is mine adversary? Let him come near me, and I will smite him with the strength of my mouth.

- 9 Sapagkat tutulungan ako ng Panginoong Diyos. At silang lahat na hahatol sa akin, masdan, silang lahat ay maluluma na parang kasuotan, at lalamunin sila ng mga tanga.
- 10 Sino sa inyo ang natatakot sa Panginoon, na sumusunod sa tinig ng kanyang tagapaglingkod, na lumalakad sa kadiliman at walang liwanag?
- 11 Masdan kayong lahat na nangagsusulol ng apoy, na kumukubkob ng mga sulo, magsilakad kayo sa liyab ng inyong apoy at sa gitna ng mga sulong inyong pinag-alab. Ito ang tatamuhin ninyo sa aking kamay—kayo ay magsisihiga sa kalungkutan.

For the Lord God will help me. And all they who shall condemn me, behold, all they shall wax old as a garment, and the moth shall eat them up.

Who is among you that feareth the Lord, that obeyeth the voice of his servant, that walketh in darkness and hath no light?

Behold all ye that kindle fire, that compass yourselves about with sparks, walk in the light of your fire and in the sparks which ye have kindled. This shall ye have of mine hand—ye shall lie down in sorrow.

## 2 Nephi 8

- 1 Magsipakinig kayo sa akin, kayong nagsisisunod sa kabutihan. Magsitingin kayo sa malaking bato na inyong kinaputulan, at sa luwang ng hukay na kinahukayan sa inyo.
- 2 Tingnan ninyo si Abraham, na inyong ama, at si Sara, siya na nagsilang sa inyo; sapagkat siya lamang ang tinawag ko, at pinagpala siya.
- 3 Sapagkat aaliwin ng Panginoon ang Sion, kanyang aaliwin ang lahat niyang sirang dako; at gagawin niyang tulad ng Eden ang kanyang ilang, at ang kanyang lupang tigang tulad ng halamanan ng Panginoon. Kagalakan at kasayahan ay matatagpuan doon, pagpapasalamat at tinig na malambing.
- 4 Makinig sa akin, aking mga tao; at pakinggan ninyo ako, O aking bansa; sapagkat magmumula sa akin ang isang batas, at ang aking kahatulan ay gagawin kong pinakaliwanag para sa mga tao.
- 5 Nalalapit na ang aking katwiran; lumabas na ang aking kaligtasan, at hahatol ang aking mga bisig sa mga tao. Ang mga pulo ay maghihintay sa akin, at sa aking bisig sila ay magtitiwala.
- 6 Itingin ninyo ang mga mata sa kalangitan, at magsitingin kayo sa lupa sa ibaba; sapagkat ang kalangitan ay mapapawing parang usok, at ang lupa ay malulumang parang kasuotan; at silang nagsisitira roon ay mamamatay sa gayon ding pamamaraan. Subalit ang kaligtasan ko ay magpakailanman, at ang aking katwiran ay hindi mawawala.
- 7 Makinig sa akin, kayong nakaaalam ng kabutihan, mga tao na kung kaninong mga puso ay nasusulat ang aking batas, huwag ninyong katakutan ang pula ng mga tao, ni katakutan ang kanilang mga panlalait.
- 8 Sapagkat sila ay lalamunin ng tanga na parang kasuotan, at kakainin sila ng uod na parang balahibo ng tupa. Subalit ang kabutihan ko ay walang hanggan, at ang aking kaligtasan ay sa lahat ng sali't salinlahi.
- 9 Gumising, gumising! Magbihis ng kalakasan, O bisig ng Panginoon; gumising nang gaya ng mga sinaunang araw. Hindi ba't ikaw ang pumutol ng Rahab, at sumugat sa dragon?

## 2 Nephi 8

Hearken unto me, ye that follow after righteousness. Look unto the rock from whence ye are hewn, and to the hole of the pit from whence ye are digged.

Look unto Abraham, your father, and unto Sarah, she that bare you; for I called him alone, and blessed him.

For the Lord shall comfort Zion, he will comfort all her waste places; and he will make her wilderness like Eden, and her desert like the garden of the Lord. Joy and gladness shall be found therein, thanksgiving and the voice of melody.

Hearken unto me, my people; and give ear unto me, O my nation; for a law shall proceed from me, and I will make my judgment to rest for a light for the people.

My righteousness is near; my salvation is gone forth, and mine arm shall judge the people. The isles shall wait upon me, and on mine arm shall they trust.

Lift up your eyes to the heavens, and look upon the earth beneath; for the heavens shall vanish away like smoke, and the earth shall wax old like a garment; and they that dwell therein shall die in like manner. But my salvation shall be forever, and my righteousness shall not be abolished.

Hearken unto me, ye that know righteousness, the people in whose heart I have written my law, fear ye not the reproach of men, neither be ye afraid of their revilings.

For the moth shall eat them up like a garment, and the worm shall eat them like wool. But my righteousness shall be forever, and my salvation from generation to generation.

Awake, awake! Put on strength, O arm of the Lord; awake as in the ancient days. Art thou not he that hath cut Rahab, and wounded the dragon?

- 10 Hindi ba't ikaw ang tumuyo sa dagat, sa tubig ng malaking kailaliman; na iyong ginawang daan ang kailaliman ng dagat upang daanan ng mga natubos?
- 11 Sa gayon, ang mga tinubos ng Panginoon ay magsisibalik, at magsisiparoong may awitan sa Sion; at walang hanggang kagalakan at kabanalan ay mapapasakanilang mga ulo; at matatamo nila ang kasayahan at kagalakan; ang kalungkutan at pagdadalamhati ay mapapawi.
- 12 Ako siya; oo, ako siya na umaalo sa iyo. Masdan, sino ka, na natatakot sa tao, na mamamatay, at sa anak ng tao, na gagawing parang damo?
- 13 At kalilimutan ang Panginoon na may lalang sa iyo, na nagladlad ng kalangitan, at naglagay ng saligan ng mundo, at patuloy na natatakot sa buong araw, dahil sa pusok ng mamimighati, sa wari ay handa upang gumiba? At saan naroon ang pusok ng mamimighati?
- 14 Ang bihag na tapon ay nagmamadali, upang siya ay palayain, at hindi siya mamamatay sa hukay, ni magkukulang ang kanyang tinapay.
- 15 Subalit ako ang Panginoon mong Diyos, na nagpapaalon sa tubig; Panginoon ng mga Hukbo ang tawag sa akin.
- 16 At inilagay ko ang aking mga salita sa iyong bibig, at tinakpan kita sa lilim ng aking kamay, upang aking mailadlad ang kalangitan at mailagay ang saligan ng mundo, at masabi sa Sion: Masdan, kayo ang aking mga tao.
- 17 Gumising, gumising, bumangon ka, O Jerusalem, na uminom sa kamay ng Panginoon sa saro ng kanyang matinding galit—iyong sinaid hanggang sa latak ang sarong nakalalango—
- 18 At walang pumatnubay sa kanya isa man sa mga anak na lalaking kanyang isinilang; ni umalalay sa kanya isa man sa mga anak na lalaking kanyang pinalaki.
- 19 Ang dalawang anak na lalaking ito ay dumating sa iyo, na nalulungkot para sa iyo—sa iyong kapanglawan at pagkawasak, at ang taggutom at ang espada—at kanino kita ipaaaliw?

Art thou not he who hath dried the sea, the waters of the great deep; that hath made the depths of the sea a way for the ransomed to pass over?

Therefore, the redeemed of the Lord shall return, and come with singing unto Zion; and everlasting joy and holiness shall be upon their heads; and they shall obtain gladness and joy; sorrow and mourning shall flee away.

I am he; yea, I am he that comforteth you. Behold, who art thou, that thou shouldst be afraid of man, who shall die, and of the son of man, who shall be made like unto grass?

And forgettest the Lord thy maker, that hath stretched forth the heavens, and laid the foundations of the earth, and hast feared continually every day, because of the fury of the oppressor, as if he were ready to destroy? And where is the fury of the oppressor?

The captive exile hasteneth, that he may be loosed, and that he should not die in the pit, nor that his bread should fail.

But I am the Lord thy God, whose waves roared; the Lord of Hosts is my name.

And I have put my words in thy mouth, and have covered thee in the shadow of mine hand, that I may plant the heavens and lay the foundations of the earth, and say unto Zion: Behold, thou art my people.

Awake, awake, stand up, O Jerusalem, which hast drunk at the hand of the Lord the cup of his fury—thou hast drunken the dregs of the cup of trembling wrung out—

And none to guide her among all the sons she hath brought forth; neither that taketh her by the hand, of all the sons she hath brought up.

These two sons are come unto thee, who shall be sorry for thee—thy desolation and destruction, and the famine and the sword—and by whom shall I comfort thee?



- 20 Ang iyong mga anak na lalaki ay nangakalupaypay, maliban sa dalawang ito; sila ay nakahiga sa lahat ng panulukan ng lansangan; na katulad ng isang mabangis na toro na nasa silo, tigib ng matinding galit ng Panginoon, ang pagbabanta ng iyong Diyos.
- 21 Samakatwid masdan ngayon ito, ikaw na naghahirap, at lango, ngunit hindi ng alak:
- 22 Ganito ang wika ng iyong Panginoon, ang Panginoon at iyong Diyos ay nagmamakaawa sa kapakanan ng kanyang mga tao; masdan, kukunin ko sa iyong kamay ang sarong nakalalango, ang latak ng saro ng aking matinding galit; hindi mo na ito iinumang muli.
- 23 Subalit aking ilalagay ito sa kamay nila na nagpapahirap sa iyo; na nakapagsabi sa iyong kaluluwa: Yumukod, upang kami ay makadaan—at iyong inilatag ang iyong katawan na parang lupa at parang lansangan sa kanila na nagdaraan.
- 24 Gumising, gumising, isuot mo ang iyong kalakasan, O Sion; isuot ang iyong magagandang kasuotan, O Jerusalem, ang banal na lunsod; sapagkat mula ngayon ay wala nang papasok sa iyo na hindi tuli at ang marumi.
- 25 Pagpagin mo ang sarili mula sa alabok; bumangon, umupo, O Jerusalem; kalagan ang sarili mula sa mga tali sa iyong leeg, O bihag na anak na babae ng Sion.

Thy sons have fainted, save these two; they lie at the head of all the streets; as a wild bull in a net, they are full of the fury of the Lord, the rebuke of thy God.

Therefore hear now this, thou afflicted, and drunken, and not with wine:

Thus saith thy Lord, the Lord and thy God pleadeth the cause of his people; behold, I have taken out of thine hand the cup of trembling, the dregs of the cup of my fury; thou shalt no more drink it again.

But I will put it into the hand of them that afflict thee; who have said to thy soul: Bow down, that we may go over—and thou hast laid thy body as the ground and as the street to them that went over.

Awake, awake, put on thy strength, O Zion; put on thy beautiful garments, O Jerusalem, the holy city; for henceforth there shall no more come into thee the uncircumcised and the unclean.

Shake thyself from the dust; arise, sit down, O Jerusalem; loose thyself from the bands of thy neck, O captive daughter of Zion.

## 2 Nephi 9

- 1 At ngayon, mga minamahal kong kapatid, binasa ko ang mga bagay na ito upang malaman ninyo ang hinggil sa mga tipan ng Panginoon na kanyang ipinakipagtipan sa buong sambahayan ni Israel—
- 2 Na siya ay nangusap sa mga Judio, sa pamamagitan ng bibig ng kanyang mga banal na propeta, maging mula sa simula, sa bawat sali't salinlahi, hanggang sa dumating ang panahon na sila ay maibalik sa tunay na simbahan at kawan ng Diyos; kung kailan sila ay titipunin pauwi sa mga lupaing kanilang mana, at manirahan sa lahat ng kanilang mga lupang pangako.
- 3 Masdan, mga minamahal kong kapatid, sinasabi ko sa inyo ang mga bagay na ito upang kayo ay magsaya, at itaas ang inyong mga ulo magpakailanman, dahil sa mga pagpapalang ipagkakaloob ng Panginoong Diyos sa inyong mga anak.
- 4 Sapagkat nalalaman kong marami sa inyo ang nagsaliksik na mabuti, upang malaman ang mga bagay na mangyayari; kaya nga alam kong nalalaman ninyo na ang ating laman ay tiyak na manghihina at mamamatay; gayunman, sa ating mga katawan ay makikita natin ang Diyos.
- 5 Oo, alam kong nalalaman ninyo na sa katawan siya ay magpapakita roon sa mga nasa Jerusalem, na ating pinanggalingan; sapagkat kinakailangang iyon ay sa kanila; sapagkat itinulot na ang dakilang Lumikha ay siya na ring magdusa upang mapasailalim ng tao sa laman, at mamatay para sa lahat ng tao, upang ang lahat ng tao ay mapasailalim sa kanya.
- 6 Sapagkat kung paanong ang kamatayan ay napasalahat ng tao, upang matupad ang maawaing plano ng dakilang Lumikha, talagang kinakailangang magkaroon ng kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli, at ang pagkabuhay na mag-uli ay tiyak na mapapasa-tao dahil sa pagkahulog; at ang pagkahulog ay dumating dahil sa kasalanan; at dahil ang tao ay nahulog, sila ay nahiwalay mula sa harapan ng Panginoon.

## 2 Nephi 9

And now, my beloved brethren, I have read these things that ye might know concerning the covenants of the Lord that he has covenanted with all the house of Israel—

That he has spoken unto the Jews, by the mouth of his holy prophets, even from the beginning down, from generation to generation, until the time comes that they shall be restored to the true church and fold of God; when they shall be gathered home to the lands of their inheritance, and shall be established in all their lands of promise.

Behold, my beloved brethren, I speak unto you these things that ye may rejoice, and lift up your heads forever, because of the blessings which the Lord God shall bestow upon your children.

For I know that ye have searched much, many of you, to know of things to come; wherefore I know that ye know that our flesh must waste away and die; nevertheless, in our bodies we shall see God.

Yea, I know that ye know that in the body he shall show himself unto those at Jerusalem, from whence we came; for it is expedient that it should be among them; for it behooveth the great Creator that he suffereth himself to become subject unto man in the flesh, and die for all men, that all men might become subject unto him.

For as death hath passed upon all men, to fulfil the merciful plan of the great Creator, there must needs be a power of resurrection, and the resurrection must needs come unto man by reason of the fall; and the fall came by reason of transgression; and because man became fallen they were cut off from the presence of the Lord.

- 7 Anupa't talagang kailangang ito ay maging walang hanggang pagbabayad-sala—maliban kung ito ay maging walang hanggang pagbabayad-sala ang may kabulukang ito ay hindi makapagbibihis ng walang kabulukan. Kaya nga, ang unang kahalatang sumapit sa tao ay tiyak na mananatili nang walang hanggang panahon. At kung magkagayon, ang katawang ito ay tiyak na malilibing upang mabulok at maagnas sa inang lupa, upang hindi na bumangon pang muli.
- 8 O ang karunungan ng Diyos, ang kanyang awa at biyaya! Sapagkat masdan, kung ang katawang ito ay hindi na babangon pang muli ang ating espiritu ay tiyak na mapapasailalim sa anghel na yaon na itinakwil mula sa kinaroroonan ng Diyos na Walang Hanggan, at naging diyablo, upang hindi na bumangon pang muli.
- 9 At ang ating mga espiritu ay tiyak na matutulad sa kanya, at tayo ay magiging mga diyablo, mga anghel ng diyablo, upang masarahan mula sa kinaroroonan ng ating Diyos, at manatiling kasama ng ama ng kasinungalingan, sa kalungkutan, katulad ng kanyang sarili; oo, sa nilikhang yaon na dumaya sa ating mga unang magulang, na nag-anyo sa kanyang sarili na halos katulad ng isang anghel ng liwanag, at pinukaw ang mga anak ng tao sa mga lihim na pagsasabwatan ng pagpaslang at lahat ng uri ng lihim na gawain ng kadiliman.
- 10 O kaydakila ng kabutihan ng ating Diyos, na naghanda ng daan upang tayo ay makawala mula sa mahigpit na pagkakahawak ng kakila-kilabot na halimaw na ito; oo, yaong halimaw, na kamatayan at impiyerno, na tinatawag kong kamatayan ng katawan, at kamatayan din ng espiritu.
- 11 At dahil sa paraan ng pagliligtas ng ating Diyos, ang Banal ng Israel, ang kamatayang ito, na aking sinabi, na temporal, ay palalayain ang patay nito; kung aling kamatayan ay libingan.

Wherefore, it must needs be an infinite atonement—save it should be an infinite atonement this corruption could not put on incorruption. Wherefore, the first judgment which came upon man must needs have remained to an endless duration. And if so, this flesh must have laid down to rot and to crumble to its mother earth, to rise no more.

O the wisdom of God, his mercy and grace! For behold, if the flesh should rise no more our spirits must become subject to that angel who fell from before the presence of the Eternal God, and became the devil, to rise no more.

And our spirits must have become like unto him, and we become devils, angels to a devil, to be shut out from the presence of our God, and to remain with the father of lies, in misery, like unto himself; yea, to that being who beguiled our first parents, who transformeth himself nigh unto an angel of light, and stirreth up the children of men unto secret combinations of murder and all manner of secret works of darkness.

O how great the goodness of our God, who prepareth a way for our escape from the grasp of this awful monster; yea, that monster, death and hell, which I call the death of the body, and also the death of the spirit.

And because of the way of deliverance of our God, the Holy One of Israel, this death, of which I have spoken, which is the temporal, shall deliver up its dead; which death is the grave.

12 At ang kamatayang ito na aking sinabi, na kamatayang espirituwal, ay palalayain ang kanyang mga patay; na kung aling kamatayang espirituwal ay impiyerno; anupa't ang kamatayan at impiyerno ay kailangang palayain ang kanilang mga patay, at ang impiyerno ay kailangang palayain ang bihag nitong mga espiritu, at ang libingan ay kailangang palayain ang bihag nitong mga katawan, at ang mga katawan at espiritu ng tao ay magsasamang muli sa isa't isa; at ito ay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ng Banal ng Israel.

13 O kaydakila ng plano ng ating Diyos! Sapagkat sa kabilang dako, ang paraiso ng Diyos ay tiyak na palalayain ang mga espiritu ng mabubuti, at ang libingan ay palalayain ang katawan ng mabubuti; at ang espiritu at katawan ay magsasamang muli sa sarili nito, at lahat ng tao ay magiging walang kabulukan, at walang kamatayan, at sila ay mga buhay na kaluluwa, na may ganap na kaalamang katulad natin na nasa laman, maliban lamang na ang ating kaalaman ay magiging ganap.

14 Anupa't tayo ay magkakaroon ng ganap na kaalaman ng lahat ng ating mga pagkakasala, at ng ating karumihan, at ng ating kahubaran; at ang mabubuti ay magkakaroon ng ganap na kaalaman ng kanilang kasiyahan, at ng kanilang kabutihan, na nabibihisan ng kadalisan, oo, maging ng bata ng kabutihan.

15 At ito ay mangyayari na kapag ang lahat ng tao ay makalampas mula sa unang kamatayang ito tungo sa pagkabuhay, kung kaya nga't sila ay naging walang kamatayan, sila ay tiyak na haharap sa hukumang-luklukan ng Banal ng Israel; at ang kahatulan ay igagawad, at sila'y kailangang hatulan alinsunod sa banal na paghuhukom ng Diyos.

And this death of which I have spoken, which is the spiritual death, shall deliver up its dead; which spiritual death is hell; wherefore, death and hell must deliver up their dead, and hell must deliver up its captive spirits, and the grave must deliver up its captive bodies, and the bodies and the spirits of men will be restored one to the other; and it is by the power of the resurrection of the Holy One of Israel.

O how great the plan of our God! For on the other hand, the paradise of God must deliver up the spirits of the righteous, and the grave deliver up the body of the righteous; and the spirit and the body is restored to itself again, and all men become incorruptible, and immortal, and they are living souls, having a perfect knowledge like unto us in the flesh, save it be that our knowledge shall be perfect.

Wherefore, we shall have a perfect knowledge of all our guilt, and our uncleanness, and our nakedness; and the righteous shall have a perfect knowledge of their enjoyment, and their righteousness, being clothed with purity, yea, even with the robe of righteousness.

And it shall come to pass that when all men shall have passed from this first death unto life, insomuch as they have become immortal, they must appear before the judgment-seat of the Holy One of Israel; and then cometh the judgment, and then must they be judged according to the holy judgment of God.

16 At tunay, yamang ang Panginoon ay buhay, sapagkat ang Panginoong Diyos ang nagsabi nito, at ito ay kanyang walang hanggang salita, na hindi maaaring maglaho, na sila na mabubuti ay mananatili pa ring mabubuti, at sila na marurumi ay mananatili pa ring marurumi; samakatwid, sila na marurumi ay diyablo at kanyang mga anghel; at sila ay matutungo sa walang hanggang apoy, na inihanda para sa kanila; at ang kanilang pagdurusa ay magiging kagaya ng lawa ng apoy at asupre, na ang ningas ay pumapailanglang magpakailanman at walang katapusan.

17 O ang kadakilaan at ang katarungan ng ating Diyos! Sapagkat isinasagawa niya ang lahat ng kanyang salita, at ang mga yaon ay nagmula sa kanyang bibig, at ang kanyang batas ay tiyak na matutupad.

18 Datapwat, masdan, ang mabubuti, ang mga banal ng Banal ng Israel, sila na nangagsipaniwala sa Banal ng Israel, sila na nangagsipagtiis sa mga pasakit ng daigdig, at nasuklam sa kahihyan nito, sila ay magmamana ng kaharian ng Diyos, na inihanda para sa kanila mula pa sa pagkakatatag ng daigdig, at ang kanilang kagalakan ay malulubos magpakailanman.

19 O ang kadakilaan ng awa ng ating Diyos, ang Banal ng Israel! Sapagkat iniligtas niya ang kanyang mga banal mula sa kakila-kilabot na halimaw, ang diyablo, at kamatayan, at impiyerno, at doon sa lawa ng apoy at asupre, na walang katapusang pagdurusa.

20 O kaydakila ng kabanalan ng ating Diyos! Sapagkat nalalaman niya ang lahat ng bagay, at walang anumang bagay na hindi niya alam.

21 At siya ay paparito sa daigdig upang kanyang mailigtas ang lahat ng tao kung sila ay makikinig sa kanyang tinig; sapagkat masdan, kanyang titiisin ang sakit ng lahat ng tao, oo, ang sakit ng bawat nilalang, kapwa lalaki, babae, at mga bata, na kabilang sa mag-anak ni Adan.

22 At titiisin niya ito upang ang pagkabuhay na maguli ay maganap sa lahat ng tao, upang ang lahat ay tumayo sa harapan niya sa dakila at araw ng paghuhukom.

And assuredly, as the Lord liveth, for the Lord God hath spoken it, and it is his eternal word, which cannot pass away, that they who are righteous shall be righteous still, and they who are filthy shall be filthy still; wherefore, they who are filthy are the devil and his angels; and they shall go away into everlasting fire, prepared for them; and their torment is as a lake of fire and brimstone, whose flame ascendeth up forever and ever and has no end.

O the greatness and the justice of our God! For he executeth all his words, and they have gone forth out of his mouth, and his law must be fulfilled.

But, behold, the righteous, the saints of the Holy One of Israel, they who have believed in the Holy One of Israel, they who have endured the crosses of the world, and despised the shame of it, they shall inherit the kingdom of God, which was prepared for them from the foundation of the world, and their joy shall be full forever.

O the greatness of the mercy of our God, the Holy One of Israel! For he delivereth his saints from that awful monster the devil, and death, and hell, and that lake of fire and brimstone, which is endless torment.

O how great the holiness of our God! For he knoweth all things, and there is not anything save he knows it.

And he cometh into the world that he may save all men if they will hearken unto his voice; for behold, he suffereth the pains of all men, yea, the pains of every living creature, both men, women, and children, who belong to the family of Adam.

And he suffereth this that the resurrection might pass upon all men, that all might stand before him at the great and judgment day.

- 23 At kanyang inutusan ang lahat ng tao na kailangang sila'y magsisi, at mabinyagan sa kanyang pangalan, na may ganap na pananampalataya sa Banal ng Israel, o sila ay di maaaring maligtas sa kaharian ng Diyos.
- 24 At kung hindi sila magsisisi at maniniwala sa kanyang pangalan, at mabibinyagan sa kanyang pangalan, at magtitiis hanggang wakas, sila ay tiyak na susumpain; sapagkat ang Panginoong Diyos, ang Banal ng Israel, ang nagsalita nito.
- 25 Samakatwid, siya ay nagbigay ng batas; at kung saan walang batas na ibinigay ay walang kaparusahan; at kung walang kaparusahan ay walang paghatol; at kung walang paghatol ang mga awa ng Banal ng Israel ang aangkin sa kanila, dahil sa pagbabayad-sala; sapagkat sila ay ililigtas ng kapangyarihan niya.
- 26 Sapagkat ang pagbabayad-sala ang makasisiya sa mga hinihingi ng kanyang katarungan sa lahat ng yaong walang batas na ibinigay sa kanila, sila ay maliligtas mula sa yaong kakila-kilabot na halimaw, kamatayan at impiyerno, at sa diyablo, at sa lawa ng apoy at asupre, na walang hanggang pagdurusa; at sila ay ibabalik sa yaong Diyos na nagkaloob sa kanila ng hininga, na siyang Banal ng Israel.
- 27 Datapwat sa aba niya na binigyan ng batas, oo, yaong may taglay ng lahat ng kautusan ng Diyos, na katulad natin, at lumabag sa mga ito, at sinayang ang mga araw ng kanyang pagsubok, sapagkat kakila-kilabot ang kanyang magiging kalagayan!
- 28 O yaong tusong plano niyang masama! O ang kahambugan, at mga kahinaan, at kahangalan ng mga tao! Kapag sila ay marurunong, inaakala nila na sila ay matatalino, at sila ay hindi nakikinig sa payo ng Diyos, sapagkat isinasaisantabi nila ito, inaakala nilang alam nila sa kanilang sarili, kaya nga, ang kanilang karunungan ay kahangalan at wala silang pakinabang dito. At sila ay masasawi.
- 29 Subalit ang maging marunong ay mabuti kung sila ay makikinig sa mga payo ng Diyos.

And he commandeth all men that they must repent, and be baptized in his name, having perfect faith in the Holy One of Israel, or they cannot be saved in the kingdom of God.

And if they will not repent and believe in his name, and be baptized in his name, and endure to the end, they must be damned; for the Lord God, the Holy One of Israel, has spoken it.

Wherefore, he has given a law; and where there is no law given there is no punishment; and where there is no punishment there is no condemnation; and where there is no condemnation the mercies of the Holy One of Israel have claim upon them, because of the atonement; for they are delivered by the power of him.

For the atonement satisfieth the demands of his justice upon all those who have not the law given to them, that they are delivered from that awful monster, death and hell, and the devil, and the lake of fire and brimstone, which is endless torment; and they are restored to that God who gave them breath, which is the Holy One of Israel.

But wo unto him that has the law given, yea, that has all the commandments of God, like unto us, and that transgresseth them, and that wasteth the days of his probation, for awful is his state!

O that cunning plan of the evil one! O the vainness, and the frailties, and the foolishness of men! When they are learned they think they are wise, and they hearken not unto the counsel of God, for they set it aside, supposing they know of themselves, wherefore, their wisdom is foolishness and it profiteth them not. And they shall perish.

But to be learned is good if they hearken unto the counsels of God.

30 Datapwat sa aba sa mayayaman, na mayayaman sa mga bagay ng daigdig. Sapagkat sila ay mayayaman, kanilang hinahamak ang mga maralita, at kanilang pinag-uusig ang maaamo, at ang kanilang mga puso ay nasa kanilang mga kayamanan; anupa't ang kanilang kayamanan ang kanilang diyos. At masdan, ang kanilang kayamanan ay mawawala ring kasama nila.

31 At sa aba sa mga bingi na ayaw makinig; sapagkat sila ay masasawi.

32 Sa aba sa mga bulag na ayaw makakita; sapagkat sila rin ay masasawi.

33 Sa aba sa mga hindi tuli ang puso, sapagkat ang kaalaman ng kanilang kasamaan ang babagabag sa kanila sa huling araw.

34 Sa aba sa mga sinungaling, sapagkat sila ay itatapon sa impiyerno.

35 Sa aba sa mamamatay-tao na pumapatay nang sadya, sapagkat siya ay mamamatay.

36 Sa aba sa mga gumagawa ng mga pagpapatutot, sapagkat sila ay itatapon sa impiyerno.

37 Oo, sa aba nila na sumasamba sa mga diyus-diyusan, sapagkat ang diyablo ng lahat ng diyablo ay nalulugod sa kanila.

38 At, sa madaling salita, sa aba nilang lahat na namatay sa kanilang mga kasalanan; sapagkat sila ay babalik sa Diyos, at mamamasdan ang kanyang mukha, at mananatili sa kanilang mga kasalanan.

39 O, mga minamahal kong kapatid, alalahanin ang kakila-kilabot na paglabag laban sa Banal na Diyos, at gayundin ang kakila-kilabot na pagbibigay-daan sa mga pang-aakit ng yaong tuso. Tandaan, ang maging mahalay sa kaisipan ay kamatayan, at ang maging espirituwal sa kaisipan ay buhay na walang hanggan.

But wo unto the rich, who are rich as to the things of the world. For because they are rich they despise the poor, and they persecute the meek, and their hearts are upon their treasures; wherefore, their treasure is their god. And behold, their treasure shall perish with them also.

And wo unto the deaf that will not hear; for they shall perish.

Wo unto the blind that will not see; for they shall perish also.

Wo unto the uncircumcised of heart, for a knowledge of their iniquities shall smite them at the last day.

Wo unto the liar, for he shall be thrust down to hell.

Wo unto the murderer who deliberately killeth, for he shall die.

Wo unto them who commit whoredoms, for they shall be thrust down to hell.

Yea, wo unto those that worship idols, for the devil of all devils delighteth in them.

And, in fine, wo unto all those who die in their sins; for they shall return to God, and behold his face, and remain in their sins.

O, my beloved brethren, remember the awfulness in transgressing against that Holy God, and also the awfulness of yielding to the enticings of that cunning one. Remember, to be carnally-minded is death, and to be spiritually-minded is life eternal.

40 O, mga minamahal kong kapatid, makinig sa aking mga salita. Alalahanin ang kadakilaan ng Banal ng Israel. Huwag sabihin na ako ay nagsasalita nang masasakit na bagay laban sa inyo; sapagkat kung gagawin ninyo ito, kayo ay manlalait laban sa katotohanan; sapagkat sinabi ko ang mga salita ng inyong Lumikha. Alam ko na ang mga salita ng katotohanan ay masakit laban sa lahat ng karumihan; ngunit ang mabubuti ay hindi natatakot sa mga yaon, sapagkat minamahal nila ang katotohanan at hindi nanginginig.

41 O kung gayon, mga minamahal kong kapatid, lumapit sa Panginoon, sa yaong Banal. Pakatandaan na ang kanyang mga landas ay mabuti. Masdan, ang daan para sa tao ay makipot, ngunit ito’y nasa isang tuwid na daraanan sa harapan niya, at ang Banal ng Israel ang tanod ng pasukan; at wala siyang inuupahang tagapaglingkod doon; at walang ibang daan maliban sa pasukan; sapagkat hindi siya malililang, sapagkat Panginoong Diyos ang kanyang pangalan.

42 At ang sinumang kakatok, siya ay kanyang pagbubuksan; at ang matatalino, at ang marurunong, at silang mayayaman, na nagmamataas dahil sa kanilang pinag-aralan, at kanilang karunungan, at kanilang mga kayamanan—oo, sila yaong kanyang kinasusuklaman; at maliban kung kanilang iwawaksi ang mga bagay na ito, at ituturing na mga hangal ang kanilang sarili sa harapan ng Diyos, at bumaba sa kailaliman ng pagpapakumbaba, hindi niya sila pagbubuksan.

43 Ngunit ang mga bagay ng matatalino at masisinop ay ikukubli mula sa kanila magpakailanman—oo, yaong kaligayahang inihanda para sa mga banal.

O, my beloved brethren, give ear to my words. Remember the greatness of the Holy One of Israel. Do not say that I have spoken hard things against you; for if ye do, ye will revile against the truth; for I have spoken the words of your Maker. I know that the words of truth are hard against all uncleanness; but the righteous fear them not, for they love the truth and are not shaken.

O then, my beloved brethren, come unto the Lord, the Holy One. Remember that his paths are righteous. Behold, the way for man is narrow, but it lieth in a straight course before him, and the keeper of the gate is the Holy One of Israel; and he employeth no servant there; and there is none other way save it be by the gate; for he cannot be deceived, for the Lord God is his name.

And whoso knocketh, to him will he open; and the wise, and the learned, and they that are rich, who are puffed up because of their learning, and their wisdom, and their riches—yea, they are they whom he despiseth; and save they shall cast these things away, and consider themselves fools before God, and come down in the depths of humility, he will not open unto them.

But the things of the wise and the prudent shall be hid from them forever—yea, that happiness which is prepared for the saints.



- 44 O, mga minamahal kong kapatid, pakatandaan ang aking mga salita. Masdan, hinuhubad ko ang aking mga kasuotan, at ipinapagpag ko ang mga ito sa harapan ninyo; ako ay dumadalangin sa Diyos ng aking kaligtasan na tingnan niya ako ng kanyang mapagsiyasat na mata; anupa't malalaman ninyo sa huling araw, kung kailan ang lahat ng tao ay hahatulan sa kanilang mga gawa, na ang Diyos ng Israel ay sumaksing ipinagpag ko ang inyong mga kasamaan mula sa aking kaluluwa, at na ako ay makatatayo nang maningning sa harapan niya, at ako ay naalisan ng inyong dugo.
- 45 O, mga minamahal kong kapatid, talikuran ang inyong mga kasalanan; iwagwag ang mga tanikala niya na gagapos sa inyo nang mahigpit; lumapit sa yaong Diyos na siyang bato ng inyong kaligtasan.
- 46 Ihanda ang inyong mga kaluluwa para sa maluwalhating araw na yaon, kung kailan ang katarungan ay igagawad sa mabubuti, maging ang araw ng paghuhukom, upang huwag kayong manliit nang may nakapanghihilakbot na takot; upang huwag ninyong maalaala ang inyong nakakikilabot na pagkakasala sa kaganapan, at mapilitang bumulalas: Banal, banal ang inyong mga kahatulan, O Panginoong Diyos na Pinakamakapangyarihan—ngunit alam ko ang aking pagkakasala; ako ay lumabag sa inyong batas, at ang mga kasalanan ko ay sa akin; at nakuha ako ng diyablo, na ako ay biktima ng kanyang nakapanghihilakbot na kalungkutan.
- 47 Ngunit masdan, mga kapatid ko, hindi ba't kinakailangang kayo ay gisingin ko sa isang kakilakilabot na katotohanan ng mga bagay na ito? Sasaktan ko ba ang inyong mga kaluluwa kung ang inyong mga isipan ay dalisay? Ako ba ay magiging matapat sa inyo alinsunod sa katapatan ng katotohanan kung kayo ay malaya sa kasalanan?
- 48 Masdan, kung kayo ay banal mangungusap ako sa inyo ng kabanalan; ngunit yamang kayo ay hindi banal, at itinuturing ninyo akong isang guro, talagang kinakailangang turuan ko kayo ng kahihinatnan ng kasalanan.
- 49 Masdan, ang aking kaluluwa ay napopoot sa kasalanan, at ang aking puso ay nalulugod sa kabutihan; at pupurihin ko ang banal na pangalan ng aking Diyos.

O, my beloved brethren, remember my words. Behold, I take off my garments, and I shake them before you; I pray the God of my salvation that he view me with his all-searching eye; wherefore, ye shall know at the last day, when all men shall be judged of their works, that the God of Israel did witness that I shook your iniquities from my soul, and that I stand with brightness before him, and am rid of your blood.

O, my beloved brethren, turn away from your sins; shake off the chains of him that would bind you fast; come unto that God who is the rock of your salvation.

Prepare your souls for that glorious day when justice shall be administered unto the righteous, even the day of judgment, that ye may not shrink with awful fear; that ye may not remember your awful guilt in perfectness, and be constrained to exclaim: Holy, holy are thy judgments, O Lord God Almighty—but I know my guilt; I transgressed thy law, and my transgressions are mine; and the devil hath obtained me, that I am a prey to his awful misery.

But behold, my brethren, is it expedient that I should awake you to an awful reality of these things? Would I harrow up your souls if your minds were pure? Would I be plain unto you according to the plainness of the truth if ye were freed from sin?

Behold, if ye were holy I would speak unto you of holiness; but as ye are not holy, and ye look upon me as a teacher, it must needs be expedient that I teach you the consequences of sin.

Behold, my soul abhorreth sin, and my heart delighteth in righteousness; and I will praise the holy name of my God.

- 50 Halikayo, mga kapatid ko, bawat isa na nauuhaw, lumapit kayo sa mga tubig; at siya na walang salapi, halika bumili ka at kumain; oo, bumili ng alak at gatas nang walang salapi at walang bayad.
- 51 Samakatwid, huwag gugulin ang salapi sa mga yaong walang kabuluhan, o ang inyong paggawa sa mga yaong hindi nakasisiya. Makinig kayo nang masigasig sa akin, at tandaan ang mga salitang aking sinabi; at lumapit sa Banal ng Israel, at magpakabusog doon sa hindi nawawala, ni nasisira, at hayaang ang inyong kaluluwa ay malugod sa katabaan.
- 52 Masdan, mga minamahal kong kapatid, pakatandaan ang mga salita ng inyong Diyos; patuloy na manalangin sa kanya sa araw, at magbigay-pasalamat sa kanyang banal na pangalan sa gabi. Magsaya ang inyong mga puso.
- 53 At masdan kaydakila ng mga tipan ng Panginoon, at kaydakila ng kanyang mga pagpapakababa sa mga anak ng tao; at dahil sa kanyang kadakilaan, at kanyang biyaya at awa, kanyang ipinangako sa atin na ang ating mga binhi ay hindi lubusang malilipol, ayon sa laman, kundi kanyang pangangalagaan sila; at sa mga darating na salinlahi, sila ay magiging isang mabuting sanga sa sambahayan ni Israel.
- 54 At ngayon, mga kapatid ko, magsasalita pa ako sa inyo nang marami; ngunit sa kinabukasan ko na ipahahayag sa inyo ang nalalabi sa aking mga salita. Amen.

Come, my brethren, every one that thirsteth, come ye to the waters; and he that hath no money, come buy and eat; yea, come buy wine and milk without money and without price.

Wherefore, do not spend money for that which is of no worth, nor your labor for that which cannot satisfy. Hearken diligently unto me, and remember the words which I have spoken; and come unto the Holy One of Israel, and feast upon that which perisheth not, neither can be corrupted, and let your soul delight in fatness.

Behold, my beloved brethren, remember the words of your God; pray unto him continually by day, and give thanks unto his holy name by night. Let your hearts rejoice.

And behold how great the covenants of the Lord, and how great his condescensions unto the children of men; and because of his greatness, and his grace and mercy, he has promised unto us that our seed shall not utterly be destroyed, according to the flesh, but that he would preserve them; and in future generations they shall become a righteous branch unto the house of Israel.

And now, my brethren, I would speak unto you more; but on the morrow I will declare unto you the remainder of my words. Amen.

## 2 Nephi 10

- 1 At ngayon ako, si Jacob, ay muling nangungusap sa inyo, mga minamahal kong kapatid, hinggil sa mabuting sangang ito na aking sinabi.
- 2 Sapagkat masdan, ang mga pangakong ating natanggap ay mga pangako sa atin ayon sa laman; samakatwid, tulad ng ipinakita sa akin na marami sa ating mga anak ang masasawi sa laman dahil sa kawalang-paniniwala, gayunman, magiging maawain ang Diyos sa marami; at ang ating mga anak ay ibabalik, upang makarating sila sa mga yaong makapagbibigay ng tunay na kaalaman tungkol sa kanilang Manunubos.
- 3 Samakatwid, tulad ng nasabi ko sa inyo, talagang kinakailangan lamang na si Cristo—sapagkat sa nakaraang gabi ay sinabi sa akin ng anghel na ito ang magiging pangalan niya—ay paroroon sa mga Judio, sa mga yaong higit na masasama sa daigdig; at kanilang ipapako siya—sapagkat minarapat ito ng ating Diyos, at wala nang ibang bansa sa mundo na magpapako sa kanilang Diyos.
- 4 Sapagkat kung ang mga makapangyarihang himala ay gawin sa mga ibang bansa sila ay magsisisi, at kikilalanin na siya ang kanilang Diyos.
- 5 Subalit dahil sa mga huwad na pagkasaserdote at mga kasamaan, sila na nasa Jerusalem ay patitigasin ang kanilang mga leeg laban sa kanya, kaya nga siya ay ipapako sa krus.
- 6 Samakatwid, dahil sa kanilang mga kasamaan, mga pagkalipol, taggutom, salot, at pagdanak ng dugo ay sasapit sa kanila; at sila na hindi malilipol ay ikakalat sa lahat ng bansa.
- 7 Subalit masdan, ganito ang wika ng Panginoong Diyos: Kapag dumating ang araw na maniniwala sila sa akin, na ako ang Cristo, na nakipagtipan ako sa kanilang mga ama na sila ay ibabalik habang nasa laman, sa mundo, sa mga lupaing kanilang mana.
- 8 At ito ay mangyayari na sila ay titipunin sa matagal nilang pagkakakalat, mula sa mga pulo ng dagat, at mula sa apat na sulok ng mundo; at ang mga bansa ng mga Gentil ay magiging dakila sa aking paningin, wika ng Diyos, sa pagdadala sa kanila sa mga lupaing kanilang mana.

## 2 Nephi 10

And now I, Jacob, speak unto you again, my beloved brethren, concerning this righteous branch of which I have spoken.

For behold, the promises which we have obtained are promises unto us according to the flesh; wherefore, as it has been shown unto me that many of our children shall perish in the flesh because of unbelief, nevertheless, God will be merciful unto many; and our children shall be restored, that they may come to that which will give them the true knowledge of their Redeemer.

Wherefore, as I said unto you, it must needs be expedient that Christ—for in the last night the angel spake unto me that this should be his name—should come among the Jews, among those who are the more wicked part of the world; and they shall crucify him—for thus it behooveth our God, and there is none other nation on earth that would crucify their God.

For should the mighty miracles be wrought among other nations they would repent, and know that he be their God.

But because of priestcrafts and iniquities, they at Jerusalem will stiffen their necks against him, that he be crucified.

Wherefore, because of their iniquities, destructions, famines, pestilences, and bloodshed shall come upon them; and they who shall not be destroyed shall be scattered among all nations.

But behold, thus saith the Lord God: When the day cometh that they shall believe in me, that I am Christ, then have I covenanted with their fathers that they shall be restored in the flesh, upon the earth, unto the lands of their inheritance.

And it shall come to pass that they shall be gathered in from their long dispersion, from the isles of the sea, and from the four parts of the earth; and the nations of the Gentiles shall be great in the eyes of me, saith God, in carrying them forth to the lands of their inheritance.

- 9 Oo, ang mga hari ng mga Gentil ay magiging mga tagakandiling ama sa kanila, at ang kanilang mga reyna ay magiging mga tagakandiling ina; anupa't ang mga pangako ng Panginoon ay dakila sa mga Gentil, sapagkat sinabi niya ito, at sino ang makikipagtalos?
- 10 Subalit masdan, ang lupaing ito, wika ng Diyos, ay magiging lupaing iyong mana, at ang mga Gentil ay pagpapalain sa lupain.
- 11 At ang lupaing ito ay magiging lupain ng kalayaan sa mga Gentil, at hindi magkakaroon ng mga hari sa lupain, na ibabangon sa mga Gentil.
- 12 At aking palalakasin ang lupaing ito laban sa lahat ng iba pang bansa.
- 13 At siya na lumalaban sa Sion ay masasawi, wika ng Diyos.
- 14 Sapagkat siya na magbabangon ng isang hari laban sa akin ay masasawi, sapagkat ako, ang Panginoon, na hari ng langit, ang kanilang magiging hari, at ako ang magsisilbing ilaw sa kanila magpakailanman, na mga makikinig sa aking mga salita.
- 15 Samakatwid, sa dahilang ito, upang matupad ang aking mga tipan na aking ginawa sa mga anak ng tao, na aking gagawin sa kanila habang sila ay nasa laman, talagang kinakailangan kong wasakin ang mga lihim na gawain ng kadiliman, at ang mga pagpaslang, at ang mga karumal-dumal na gawain.
- 16 Anupa't sino man ang kumalaban sa Sion, kapwa Judio at Gentil, kapwa alipin at malaya, kapwa lalaki at babae, ay masasawi; sapagkat sila ang mga yaong patutot ng buong mundo; sapagkat sila na hindi para sa akin ay laban sa akin, wika ng ating Diyos.
- 17 Sapagkat tutuparin ko ang aking mga pangako na aking ginawa sa mga anak ng tao, na gagawin ko sa kanila habang sila ay nasa laman—
- 18 Samakatwid, mga minamahal kong kapatid, ganito ang wika ng ating Diyos: Pahhirapan ko ang inyong mga binhi sa pamamagitan ng kamay ng mga Gentil; gayunman, palalambutin ko ang mga puso ng mga Gentil, na sila ay matutulad sa isang ama sa kanila; anupa't ang mga Gentil ay pagpapalain at ibibilang sa sambahayan ni Israel.

Yea, the kings of the Gentiles shall be nursing fathers unto them, and their queens shall become nursing mothers; wherefore, the promises of the Lord are great unto the Gentiles, for he hath spoken it, and who can dispute?

But behold, this land, said God, shall be a land of thine inheritance, and the Gentiles shall be blessed upon the land.

And this land shall be a land of liberty unto the Gentiles, and there shall be no kings upon the land, who shall raise up unto the Gentiles.

And I will fortify this land against all other nations.

And he that fighteth against Zion shall perish, saith God.

For he that raiseth up a king against me shall perish, for I, the Lord, the king of heaven, will be their king, and I will be a light unto them forever, that hear my words.

Wherefore, for this cause, that my covenants may be fulfilled which I have made unto the children of men, that I will do unto them while they are in the flesh, I must needs destroy the secret works of darkness, and of murders, and of abominations.

Wherefore, he that fighteth against Zion, both Jew and Gentile, both bond and free, both male and female, shall perish; for they are they who are the whore of all the earth; for they who are not for me are against me, saith our God.

For I will fulfil my promises which I have made unto the children of men, that I will do unto them while they are in the flesh—

Wherefore, my beloved brethren, thus saith our God: I will afflict thy seed by the hand of the Gentiles; nevertheless, I will soften the hearts of the Gentiles, that they shall be like unto a father to them; wherefore, the Gentiles shall be blessed and numbered among the house of Israel.

19 Samakatwid, ilalaan ko ang lupaing ito sa inyong mga binhi, at sa kanila na ibibilang sa inyong mga binhi, magpakailanman, bilang lupaing kanilang mana; sapagkat ito ay isang piling lupain, wika ng Diyos sa akin, higit sa iba pang mga lupain, kaya nga nais kong sumamba sa akin ang lahat ng taong maninirahan dito, wika ng Diyos.

20 At ngayon, mga minamahal kong kapatid, nalalamang binigyan tayo ng ating maawaing Diyos ng maraming kaalaman hinggil sa mga bagay na ito, atin siyang alalahanin, at isantabi ang ating mga kasalanan, at huwag iyuko ang ating mga ulo, sapagkat hindi tayo itatakwil; gayon pa man, itinaboy tayo palabas mula sa lupaing ating mana; subalit tayo ay dinala sa higit na mainam na lupain, sapagkat ginawa ng Panginoon na ang dagat ay maging daan natin, at tayo ay nasa isang pulo ng dagat.

21 Subalit dakila ang mga pangako ng Panginoon sa kanila na nasa mga pulo ng dagat; samakatwid, sapagkat sinabing mga pulo, tiyak na marami pang iba bukod dito, at ang mga ito ay tinitirahan din ng ating mga kapatid.

22 Sapagkat masdan, inakay palayo ng Panginoong Diyos ang sambahayan ni Israel sa pana-panahon, alinsunod sa kanyang kalooban at kasiyahan. At ngayon masdan, naaalaala ng Panginoon silang lahat na nahiwalay, anupa't, naaalaala rin niya tayo.

23 Samakatwid, magalak sa inyong mga puso, at tandaan ninyo na kayo ay malayang makakikilos para sa inyong sarili—ang piliin ang daan ng walang hanggang kamatayan o ang daan ng buhay na walang hanggan.

24 Samakatwid, mga minamahal kong kapatid, makipagkasundo kayo sa kalooban ng Diyos, at hindi sa kagustuhan ng diyablo at ng laman; at tandaan, matapos kayong makipagkasundo sa Diyos, na dahil lamang sa at sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos na kayo ay maliligtas.

Wherefore, I will consecrate this land unto thy seed, and them who shall be numbered among thy seed, forever, for the land of their inheritance; for it is a choice land, saith God unto me, above all other lands, wherefore I will have all men that dwell thereon that they shall worship me, saith God.

And now, my beloved brethren, seeing that our merciful God has given us so great knowledge concerning these things, let us remember him, and lay aside our sins, and not hang down our heads, for we are not cast off; nevertheless, we have been driven out of the land of our inheritance; but we have been led to a better land, for the Lord has made the sea our path, and we are upon an isle of the sea.

But great are the promises of the Lord unto them who are upon the isles of the sea; wherefore as it says isles, there must needs be more than this, and they are inhabited also by our brethren.

For behold, the Lord God has led away from time to time from the house of Israel, according to his will and pleasure. And now behold, the Lord remembereth all them who have been broken off, wherefore he remembereth us also.

Therefore, cheer up your hearts, and remember that ye are free to act for yourselves—to choose the way of everlasting death or the way of eternal life.

Wherefore, my beloved brethren, reconcile yourselves to the will of God, and not to the will of the devil and the flesh; and remember, after ye are reconciled unto God, that it is only in and through the grace of God that ye are saved.

25 Samakatwid, nawa ay ibangon kayo ng Diyos mula sa kamatayan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli, at mula rin sa walang hanggang kamatayan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagbabayad-sala, upang kayo ay matanggap sa walang hanggang kaharian ng Diyos, upang inyong papurihan siya sa pamamagitan ng dakilang biyaya. Amen.

Wherefore, may God raise you from death by the power of the resurrection, and also from everlasting death by the power of the atonement, that ye may be received into the eternal kingdom of God, that ye may praise him through grace divine. Amen.

## 2 Nephi 11

- 1 At ngayon, marami pang bagay ang sinabi ni Jacob sa aking mga tao sa panahong yaon; gayon pa man ang mga bagay lamang na ito ang aking isinulat, sapagkat ang mga bagay na naisulat ko ay sapat na sa akin.
- 2 At ngayon ako, si Nephi, ay magsusulat pa ng mga salita ni Isaias, sapagkat ang aking kaluluwa ay nalulugod sa kanyang mga salita. Sapagkat inihahalintulad ko ang kanyang mga salita sa aking mga tao, at ipadadala ko ang mga ito sa lahat ng aking mga anak, sapagkat katotohanang nakita niya ang aking Manunubos, tulad ng pagkakita ko sa kanya.
- 3 At ang aking kapatid, si Jacob, ay nakita rin siya tulad ng pagkakita ko sa kanya; anupa't ipadadala ko ang kanilang mga salita sa aking mga anak upang patunayan sa kanila na totoo ang mga salita ko. Samakatwid, sa pamamagitan ng mga salita ng tatlo, sinabi ng Diyos, na pagtitibayin ko ang aking salita. Gayon pa man, ang Diyos ay magpapadala ng mga karagdagang saksi, at patutunayan niya ang lahat ng kanyang salita.
- 4 Masdan, ang aking kaluluwa ay nalulugod sa pagpapatunay sa aking mga tao ng katotohanan ng pagparito ni Cristo; sapagkat, sa layuning ito ibinigay ang mga batas ni Moises; at lahat ng bagay na ibinigay ng Diyos mula pa sa simula ng daigdig, sa tao, ay pagsasagisag sa kanya.
- 5 At ang aking kaluluwa ay nalulugod din sa mga tipan ng Panginoon na kanyang ginawa sa ating mga ama; oo, ang aking kaluluwa ay nalulugod sa kanyang biyaya, at sa kanyang katarungan, at kapangyarihan, at awa sa dakila at walang hanggang plano ng kaligtasan mula sa kamatayan.
- 6 At ang aking kaluluwa ay nalulugod sa pagpapatunay sa aking mga tao na maliban kung paparito si Cristo ay tiyak na masasawi ang lahat ng tao.
- 7 Sapagkat kung walang Cristo ay walang Diyos; at kung walang Diyos ay wala tayo, sapagkat hindi maaaring magkaroon ng paglikha. Subalit may Diyos, at siya si Cristo, at paparito siya sa kaganapan ng kanyang sariling kapanahunan.

## 2 Nephi 11

And now, Jacob spake many more things to my people at that time; nevertheless only these things have I caused to be written, for the things which I have written sufficeth me.

And now I, Nephi, write more of the words of Isaiah, for my soul delighteth in his words. For I will liken his words unto my people, and I will send them forth unto all my children, for he verily saw my Redeemer, even as I have seen him.

And my brother, Jacob, also has seen him as I have seen him; wherefore, I will send their words forth unto my children to prove unto them that my words are true. Wherefore, by the words of three, God hath said, I will establish my word. Nevertheless, God sendeth more witnesses, and he proveth all his words.

Behold, my soul delighteth in proving unto my people the truth of the coming of Christ; for, for this end hath the law of Moses been given; and all things which have been given of God from the beginning of the world, unto man, are the typifying of him.

And also my soul delighteth in the covenants of the Lord which he hath made to our fathers; yea, my soul delighteth in his grace, and in his justice, and power, and mercy in the great and eternal plan of deliverance from death.

And my soul delighteth in proving unto my people that save Christ should come all men must perish.

For if there be no Christ there be no God; and if there be no God we are not, for there could have been no creation. But there is a God, and he is Christ, and he cometh in the fulness of his own time.

8 At ngayon susulat ako ng ilan sa mga salita ni Isaias, upang kung sino man sa aking mga tao ang makababasa ng mga salitang ito ay magkaroon ng sigla sa kanilang mga puso at magsaya para sa lahat ng tao. Ngayon, ito ang mga salita, at maaari ninyong ihalintulad ang mga ito sa inyo at sa lahat ng tao.

And now I write some of the words of Isaiah, that whoso of my people shall see these words may lift up their hearts and rejoice for all men. Now these are the words, and ye may liken them unto you and unto all men.



## 2 Nephi 12

- 1 Ang salitang napag-alaman ni Isaias, ang anak ni Amos, hinggil sa Juda at Jerusalem:
- 2 At ito ay mangyayari sa mga huling araw, na ang bundok na kinatitirikan ng bahay ng Panginoon ay matatatag sa taluktok ng mga bundok, at magiging mataas sa mga burol, at magsisiparoon ang lahat ng bansa.
- 3 At maraming tao ang magsisiyaon at magsasabi, Halina kayo, at tayo ay umahon sa bundok ng Panginoon, sa tahanan ng Diyos ni Jacob; at tuturuan niya tayo ng kanyang mga daan, at tayo ay magsisilakad sa kanyang mga landas; sapagkat mula sa Sion ay manggagaling ang batas, at ang salita ng Panginoon mula sa Jerusalem.
- 4 At siya ang huhukom sa mga bansa, at pagsasabihan ang maraming tao: at kanilang gagawing sudsod ang kanilang mga espada, at ang kanilang mga sibat ay magiging mga karit—ang bansa ay hindi magtataas ng espada laban sa bansa, ni hindi na sila magsasanay sa digmaan.
- 5 O sambahayan ni Jacob, halina kayo at tayo ay magsilakad sa liwanag ng Panginoon; oo, halina, sapagkat lahat kayo ay nangaligaw, bawat isa sa kani-kanyang masasamang gawain.
- 6 Samakatwid, O Panginoon, binayaan ninyo ang inyong mga tao, ang sambahayan ni Jacob, dahil sa sila ay napuspos ng mga manggagaway na mula sa silangan, at nakinig sa mga manghuhula gaya ng mga Filisteo, at kanilang binibigyang-lugod ang kanilang sarili sa mga anak ng mga dayuhan.
- 7 Ang kanilang lupain ay puno rin ng pilak at ginto, ni walang katapusan ang kanilang mga kayamanan; at ang kanilang lupain ay puno rin ng mga kabayo, ni walang katapusan ang bilang ng kanilang mga karo.
- 8 At ang kanilang lupain ay puno rin ng mga diyus-diyusan; sinasamba nila ang gawa ng kanilang sariling mga kamay, na gawa ng kanilang sariling mga daliri.
- 9 At ang taong hamak ay hindi yumuyuko, at ang mataas na tao ay hindi nagpapakumbaba, samakatwid, huwag siyang patawarin.

## 2 Nephi 12

The word that Isaiah, the son of Amoz, saw concerning Judah and Jerusalem:

And it shall come to pass in the last days, when the mountain of the Lord's house shall be established in the top of the mountains, and shall be exalted above the hills, and all nations shall flow unto it.

And many people shall go and say, Come ye, and let us go up to the mountain of the Lord, to the house of the God of Jacob; and he will teach us of his ways, and we will walk in his paths; for out of Zion shall go forth the law, and the word of the Lord from Jerusalem.

And he shall judge among the nations, and shall rebuke many people: and they shall beat their swords into plow-shares, and their spears into pruning-hooks—nation shall not lift up sword against nation, neither shall they learn war any more.

O house of Jacob, come ye and let us walk in the light of the Lord; yea, come, for ye have all gone astray, every one to his wicked ways.

Therefore, O Lord, thou hast forsaken thy people, the house of Jacob, because they be replenished from the east, and hearken unto soothsayers like the Philistines, and they please themselves in the children of strangers.

Their land also is full of silver and gold, neither is there any end of their treasures; their land is also full of horses, neither is there any end of their chariots.

Their land is also full of idols; they worship the work of their own hands, that which their own fingers have made.

And the mean man boweth not down, and the great man humbleth himself not, therefore, forgive him not.

10 O kayong masasama, pumasok kayo sa malaking bato, at magkubli kayo sa alabok, sapagkat ang takot sa Panginoon at sa kaluwalhatian ng kanyang kamahalan ang babagabag sa inyo.

11 At ito ay mangyayari na ang mga mapagmataas na noo ng mga tao ay payuyukuin, at ang mga mapagmataas ng tao ay ibababa, at ang Panginoon lamang ang dadakilain sa araw na yaon.

12 Sapagkat ang araw ng Panginoon ng mga Hukbo ay malapit nang sumapit sa lahat ng bansa, oo, sa lahat; oo, sa palalo at matatayog, at sa lahat ng mapagmataas, at sila ay ibababa.

13 Oo, at sasapit ang araw ng Panginoon sa lahat ng sedro ng Libano, sapagkat sila ay matatayog at matataas; at sa lahat ng encina ng Besan;

14 At sa lahat ng mataas na bundok, at sa lahat ng burol, at sa lahat ng bansang matayog, at sa lahat ng tao;

15 At sa lahat ng mataas na tore, at sa lahat ng nababakurang muog;

16 At sa lahat ng sasakyang-dagat ng dagat, at sa lahat ng sasakyang-dagat ng Tarsis, at sa lahat ng mainam na bagay.

17 At ang katayugan ng tao ay iyuyukod, at ang mapagmataas ng tao ay ibababa; at ang Panginoon lamang ang dadakilain sa araw na yaon.

18 At ang mga diyus-diyusan ay papawiin niya nang tuluyan.

19 At magtutungo sila sa mga bitak ng malalaking bato, at sa loob ng mga guwang ng lupa, sapagkat ang takot sa Panginoon ay mananaig sa kanila at babagabagin sila ng kaluwalhatian ng kanyang kamahalan, kapag pumarito siya upang labis na payanigin ang mundo.

20 Sa araw na yaon ay itatapon ng tao ang kanyang mga diyus-diyusang pilak, at ang kanyang mga gintong diyus-diyusan, na ginawa niya para sa sarili upang kanyang sambahin, sa mga bilig at sa mga paniki;

21 Upang magtungo sa mga bitak ng malalaking bato, at sa mga tuktok ng magagaspang na bato, sapagkat ang takot sa Panginoon ay mananaig sa kanila at babagabagin sila ng kamahalan ng kanyang kaluwalhatian, kapag pumarito siya upang labis na payanigin ang mundo.

O ye wicked ones, enter into the rock, and hide thee in the dust, for the fear of the Lord and the glory of his majesty shall smite thee.

And it shall come to pass that the lofty looks of man shall be humbled, and the haughtiness of men shall be bowed down, and the Lord alone shall be exalted in that day.

For the day of the Lord of Hosts soon cometh upon all nations, yea, upon every one; yea, upon the proud and lofty, and upon every one who is lifted up, and he shall be brought low.

Yea, and the day of the Lord shall come upon all the cedars of Lebanon, for they are high and lifted up; and upon all the oaks of Bashan;

And upon all the high mountains, and upon all the hills, and upon all the nations which are lifted up, and upon every people;

And upon every high tower, and upon every fenced wall;

And upon all the ships of the sea, and upon all the ships of Tarshish, and upon all pleasant pictures.

And the loftiness of man shall be bowed down, and the haughtiness of men shall be made low; and the Lord alone shall be exalted in that day.

And the idols he shall utterly abolish.

And they shall go into the holes of the rocks, and into the caves of the earth, for the fear of the Lord shall come upon them and the glory of his majesty shall smite them, when he ariseth to shake terribly the earth.

In that day a man shall cast his idols of silver, and his idols of gold, which he hath made for himself to worship, to the moles and to the bats;

To go into the clefts of the rocks, and into the tops of the ragged rocks, for the fear of the Lord shall come upon them and the majesty of his glory shall smite them, when he ariseth to shake terribly the earth.

22 Layuan ninyo ang tao, na ang hininga ay nasa kanyang mga butas ng ilong; sapagkat sa ano siya pahahalagahan?

Cease ye from man, whose breath is in his nostrils; for wherein is he to be accounted of?

## 2 Nephi 13

- 1 Sapagkat masdan, ang Panginoon, ang Panginoon ng mga Hukbo, ay aalisin sa Jerusalem, at sa Juda, ang lahat ng uri ng kabuhayan, ang lahat ng tulong sa tinapay, at ang buong pamamalagi ng tubig—
- 2 Ang makapangyarihang lalaki, at ang lalaking mandirigma, ang hukom, at ang propeta, at ang manghuhula, at ang matanda;
- 3 Ang kapitan ng limampu, at ang marangal na tao, at ang tagapayo, at ang bihasang salamangkero, at ang dalubhasang mananalumpati.
- 4 At mga bata ang ibibigay ko sa kanila na maging kanilang mga prinsipe, at pamumunuan sila ng mga sanggol.
- 5 At magiging api ang mga tao, bawat isa dahil sa iba, at bawat isa dahil sa kanyang kapwa; ang bata ay magpapalalo laban sa matanda, at ang hamak laban sa marangal.
- 6 Kapag ang lalaki ay hahawak sa kanyang kapatid sa bahay ng kanyang ama, at sasabihin: Ikaw ay may balabal, ikaw na ang aming maging pinuno, at huwag mong pangasiwaan sa iyong kamay ang pagkasirang ito—
- 7 Manunumpa siya sa araw na iyon, magsasabing: Hindi ako magiging manggagamot; sapagkat sa aking bahay ay wala kahit tinapay, ni balabal; huwag ninyo akong gawing pinuno ng mamamayan.
- 8 Sapagkat ang Jerusalem ay nawasak, at ang Juda ay bumagsak, dahil ang kanilang mga dila at ang kanilang mga gawa ay laban sa Panginoon, upang galitin ang mga mata ng kanyang kaluwalhatian.
- 9 Ang kaanyuan ng kanilang pagmumukha ay sumasaksi laban sa kanila, at tanyag ang kanilang mga kasalanan tulad ng Sodoma, at hindi nila ito maitatago. Sa aba sa kanilang mga kaluluwa, sapagkat ginantimpalaan nila ang sarili ng kasamaan!
- 10 Sabihin ninyo sa mabubuti, na ito ay makabubuti sa kanila; sapagkat kakanin nila ang bunga ng kanilang mga gawa.
- 11 Sa aba sa masasama, sapagkat masasawi sila; sapagkat tatanggapin nila ang gantimpala ng mga gawa ng kanilang mga kamay.

## 2 Nephi 13

For behold, the Lord, the Lord of Hosts, doth take away from Jerusalem, and from Judah, the stay and the staff, the whole staff of bread, and the whole stay of water—

The mighty man, and the man of war, the judge, and the prophet, and the prudent, and the ancient;

The captain of fifty, and the honorable man, and the counselor, and the cunning artificer, and the eloquent orator.

And I will give children unto them to be their princes, and babes shall rule over them.

And the people shall be oppressed, every one by another, and every one by his neighbor; the child shall behave himself proudly against the ancient, and the base against the honorable.

When a man shall take hold of his brother of the house of his father, and shall say: Thou hast clothing, be thou our ruler, and let not this ruin come under thy hand—

In that day shall he swear, saying: I will not be a healer; for in my house there is neither bread nor clothing; make me not a ruler of the people.

For Jerusalem is ruined, and Judah is fallen, because their tongues and their doings have been against the Lord, to provoke the eyes of his glory.

The show of their countenance doth witness against them, and doth declare their sin to be even as Sodom, and they cannot hide it. Wo unto their souls, for they have rewarded evil unto themselves!

Say unto the righteous that it is well with them; for they shall eat the fruit of their doings.

Wo unto the wicked, for they shall perish; for the reward of their hands shall be upon them!

12 At sa aking mga tao, mga bata ang maniniil sa kanila, at mga babae ang mamumuno sa kanila. O aking mga tao, ang mga umaakay sa iyo ang siyang nagliligaw sa iyo at sumisira sa iyong daraanan.

13 Ang Panginoon ay tatayong magtanggol, at tatayo upang hatulan ang mga tao.

14 Huhukom ang Panginoon na kasama ang matatanda ng kanyang mga tao at ang mga prinsipe niyon; sapagkat winasak ninyo ang ubasan, at ninakawan ninyo ang maralitanang nasa inyong mga tahanan.

15 Ano ang ibig ninyong sabihin? Hinagupit ninyo ang aking mga tao nang pira-piraso, at dinurog ang mukha ng mga maralita, wika ng Panginoong Diyos ng mga Hukbo.

16 Bukod dito, wika ng Panginoon: Dahil sa mapagmataas ang mga anak na babae ng Sion, at nagsisilakad na tuwid ang mga leeg at nang-aakit ang mga mata, nagsisilakad at pakendeng-kendeng habang yumayaon upang patunugin ang mga palamuting nasa kanilang mga paa—

17 Samakatwid tatakpan ng Panginoon ng langib ang bao ng ulo ng mga anak na babae ng Sion, at tutuklasin ng Panginoon ang kanilang mga lihim na bahagi.

18 Sa araw na yaon ay aalisin ng Panginoon ang gayak ng kanilang mga hiyas sa paa, at ang mga kuwintas, at ang mga hiyas na anyong kalahating buwan;

19 Ang mga hikaw at ang mga pulseras, at ang mga belo;

20 Ang mga laso sa buhok, at ang mga hiyas sa bukung-bukong; at ang mga pamigkis, at sisidlan ng pabango, at ang mga hikaw;

21 Ang mga singsing, at hiyas na nakasabit sa ilong;

22 Ang mga pabagu-bagong kasuotan, ang mga balabal, at ang mga kapa, at ang mga supot;

23 Ang mga salamin, at maiinam na lino, at ang mga turban, at ang maluluwang na tunika.

24 At ito ay mangyayari, sa halip na masamyong halimuyak ay masamang amoy; at sa halip na pamigkis sa baywang ay lubid, at sa halip na maayos na buhok ay pagkapanot; at sa halip na mainam na bata ay batang magaspang; hero sa halip na kagandahan.

And my people, children are their oppressors, and women rule over them. O my people, they who lead thee cause thee to err and destroy the way of thy paths.

The Lord standeth up to plead, and standeth to judge the people.

The Lord will enter into judgment with the ancients of his people and the princes thereof; for ye have eaten up the vineyard and the spoil of the poor in your houses.

What mean ye? Ye beat my people to pieces, and grind the faces of the poor, saith the Lord God of Hosts.

Moreover, the Lord saith: Because the daughters of Zion are haughty, and walk with stretched-forth necks and wanton eyes, walking and mincing as they go, and making a tinkling with their feet—

Therefore the Lord will smite with a scab the crown of the head of the daughters of Zion, and the Lord will discover their secret parts.

In that day the Lord will take away the bravery of their tinkling ornaments, and caul, and round tires like the moon;

The chains and the bracelets, and the mufflers;

The bonnets, and the ornaments of the legs, and the headbands, and the tablets, and the ear-rings;

The rings, and nose jewels;

The changeable suits of apparel, and the mantles, and the wimples, and the crisping-pins;

The glasses, and the fine linen, and hoods, and the veils.

And it shall come to pass, instead of sweet smell there shall be stink; and instead of a girdle, a rent; and instead of well set hair, baldness; and instead of a stomacher, a girding of sackcloth; burning instead of beauty.

25 Ang iyong kalalakihan ay mangabubuwal sa pamamagitan ng espada at ang iyong matatapang naman ay sa digmaan.

26 At ang kanyang mga pintuan ay mananaghoy at magdadalamhati; at wasak siyang uupo sa lupa.

Thy men shall fall by the sword and thy mighty in the war.

And her gates shall lament and mourn; and she shall be desolate, and shall sit upon the ground.

## 2 Nephi 14

- 1 At sa araw na yaon, hahawakan ng pitong babae ang isang lalaki, nagsasabing: Kakainin namin ang sarili naming pagkain, at isusuot ang sarili naming damit; tawagin lamang kami sa iyong pangalan upang maalis ang aming kadustahan.
- 2 Sa araw na yaon ang sanga ng Panginoon ay magiging maganda at maluwalhati; at ang bunga ng lupa ay magaling at mainam sa mga yaong nakatakas ng Israel.
- 3 At ito ay mangyayari, na sila na matitira sa Sion at ang maiiwan sa Jerusalem ay tatawaging banal, ang lahat ng matatala sa mga nabubuhay sa Jerusalem—
- 4 Kapag nahugasan na ng Panginoon ang karumihan ng mga anak na babae ng Sion, at nalinisan na ang Jerusalem sa dumanak na dugo sa pamamagitan ng diwa ng katarungan at sa pamamagitan ng diwa ng pagkasunog.
- 5 At ang Panginoon ay gagawa sa lahat ng pook sa bundok ng Sion, at sa lahat ng kanyang pagtitipon, ng isang ulap at usok kung araw at ng liwanag ng isang nagniningas na apoy kung gabi; sapagkat sa lahat ng kaluwalhatian ng Sion ay magiging kanlungan.
- 6 At magkakaroon ng isang kulandong na panganlong sa init ng araw, at takbuan at kublihan sa bagyo at ulan.

## 2 Nephi 14

And in that day, seven women shall take hold of one man, saying: We will eat our own bread, and wear our own apparel; only let us be called by thy name to take away our reproach.

In that day shall the branch of the Lord be beautiful and glorious; the fruit of the earth excellent and comely to them that are escaped of Israel.

And it shall come to pass, they that are left in Zion and remain in Jerusalem shall be called holy, every one that is written among the living in Jerusalem—

When the Lord shall have washed away the filth of the daughters of Zion, and shall have purged the blood of Jerusalem from the midst thereof by the spirit of judgment and by the spirit of burning.

And the Lord will create upon every dwelling-place of mount Zion, and upon her assemblies, a cloud and smoke by day and the shining of a flaming fire by night; for upon all the glory of Zion shall be a defence.

And there shall be a tabernacle for a shadow in the daytime from the heat, and for a place of refuge, and a covert from storm and from rain.

## 2 Nephi 15

- 1 At doon ako aawit sa aking pinakamamahal ng isang awitin ng aking mahal, na tungkol sa kanyang ubasan. Ang aking pinakamamahal ay may ubasan sa isang mayabong na burol.
- 2 At kanyang binakuran ito, at inalisan ng mga bato, at tinaniman ito ng pinakapiling puno ng ubas, at nagtayo ng isang tore sa gitna niyon, at naglagay rin ng isang pisaan ng ubas; at siya ay umasang magbubunga iyon ng mga ubas, at nagbunga ito ng mga ubas na ligaw.
- 3 At ngayon, O mga naninirahan sa Jerusalem, at mga tao ng Juda, hatulan, isinasamo ko sa inyo, ako at ang aking ubasan.
- 4 Ano pa ba ang sukat kong gawin sa aking ubasan na hindi ko pa nagagawa? Samakatwid, ano't ang aking hinihintay na magbunga ng ubas ay nagbunga ng ubas na ligaw.
- 5 At ngayon, halina, aking sasabihin sa inyo ang gagawin ko sa aking ubasan—aking aalisin ang bakod na siit niyon, at nang ang mga ito ay masalanta; at aking sisirain ang bakod niyon, at nang ang mga ito ay pagtapakan.
- 6 At akin itong iiwanang sirang-sira; hindi ito pupungusan ni bubungkalin man; subalit magsisitubo ang mga dawag at mga tinik; akin ding uutusan ang mga ulap na huwag nilang ulanan ito ng ulan.
- 7 Sapagkat ang sambahayan ni Israel ang ubasan ng Panginoon ng mga Hukbo, at ang mga tao ng Juda ang kanyang mainam na pananim; at siya ay naghangad ng katarungan, at masdan, narito ang kapighatian; ng katwiran, subalit masdan, narito ang daing.
- 8 Sa aba nila na nangahuhugpong ng bahay sa bahay, hanggang sa wala nang lugar, upang sila ay magsipanirahang mag-isa sa gitna ng lupain!
- 9 Sa aking mga tainga, wika ng Panginoon ng mga Hukbo, sa katotohanan ay maraming bahay ang magigiba, at malalaki at magagandang lunsod ay mawawalan ng tao.
- 10 Oo, sampung akreng ubasan ay mamumunga ng isang bat, at ang isang homer na binhi ay magbubunga ng isang efa.

## 2 Nephi 15

And then will I sing to my well-beloved a song of my beloved, touching his vineyard. My well-beloved hath a vineyard in a very fruitful hill.

And he fenced it, and gathered out the stones thereof, and planted it with the choicest vine, and built a tower in the midst of it, and also made a wine-press therein; and he looked that it should bring forth grapes, and it brought forth wild grapes.

And now, O inhabitants of Jerusalem, and men of Judah, judge, I pray you, betwixt me and my vineyard.

What could have been done more to my vineyard that I have not done in it? Wherefore, when I looked that it should bring forth grapes it brought forth wild grapes.

And now go to; I will tell you what I will do to my vineyard—I will take away the hedge thereof, and it shall be eaten up; and I will break down the wall thereof, and it shall be trodden down;

And I will lay it waste; it shall not be pruned nor digged; but there shall come up briars and thorns; I will also command the clouds that they rain no rain upon it.

For the vineyard of the Lord of Hosts is the house of Israel, and the men of Judah his pleasant plant; and he looked for judgment, and behold, oppression; for righteousness, but behold, a cry.

Wo unto them that join house to house, till there can be no place, that they may be placed alone in the midst of the earth!

In mine ears, said the Lord of Hosts, of a truth many houses shall be desolate, and great and fair cities without inhabitant.

Yea, ten acres of vineyard shall yield one bath, and the seed of a homer shall yield an ephah.



11 Sa aba nila na nagsisibangon nang maaga sa umaga, upang ipagpatuloy ang paglalango, at umiinom hanggang gabi, at sila ay pinaaiinit ng alak!

12 At ang kudyapi, at ang lira, ang pandereta, at plawta, at alak ay nasa kanilang mga piging; subalit hindi nila inaalintana ang gawain ng Panginoon, ni hindi rin nila pinapansin ang gawa ng kanyang mga kamay.

13 Kaya nga, ang aking mga tao ay napasok sa pagkabihag, dahil sa hindi nila namamalayan; at ang kanilang mararangal na tao ay nagugutom, at ang maraming taong bayan ay matutuyo sa pagkauhaw.

14 Samakatwid, pinalalaki ng impiyerno sa kailaliman ang kanyang sarili, at ibinubuka ang kanyang bunganga nang pagkalaki-laki; at ang kanilang kaluwalhatian, at kanilang maraming tao, at kanilang kahambugan, at siya na nagsasaya ay bababa roon.

15 At mangangayupapa ang hamak na tao, at ang makapangyarihang tao ay magpapakumbaba, at ang mga mata ng matatayog ay magpapakumbaba.

16 Subalit ang Panginoon ng mga Hukbo ay dadakilain sa paghuhukom, at ang Diyos na banal ay pakikitang banal sa katwiran.

17 At doon ay manginginain ang mga kordero na wari ay nasa sa sariling pastulan, at ang mga sirang dako ng matataba ay kakainin ng mga dayuhan.

18 Sa aba nila na kumakaladkad ng kasamaan sa pamamagitan ng mga panali ng kapalaluan, at ng kasalanan tulad ng panali ng kariton.

19 Na nagsasabi: Magmadali siya, madaliin ang kanyang gawain, upang makita natin ito; at lumapit at dumating nawa ang payo ng Banal ng Israel upang malaman natin ito.

20 Sa aba nila na tumatawag sa masama na mabuti, at sa mabuti na masama, na inaaring liwanag ang kadiliman, at kadiliman ang liwanag, na inaaring mapait ang matamis, at matamis ang mapait!

21 Sa aba sa yaong nag-aakalang sila ay marurunong at mababait sa kanilang sariling pananaw!

22 Sa aba sa yaong malalakas uminom ng alak, at malalakas sa paghahalo ng matatapang na inumin;

23 Na pinawawalang-sala ang masama nang dahil sa suhol, at nagkakait ng katwiran sa kanya na makatarungan.

Wo unto them that rise up early in the morning, that they may follow strong drink, that continue until night, and wine inflame them!

And the harp, and the viol, the tabret, and pipe, and wine are in their feasts; but they regard not the work of the Lord, neither consider the operation of his hands.

Therefore, my people are gone into captivity, because they have no knowledge; and their honorable men are famished, and their multitude dried up with thirst.

Therefore, hell hath enlarged herself, and opened her mouth without measure; and their glory, and their multitude, and their pomp, and he that rejoiceth, shall descend into it.

And the mean man shall be brought down, and the mighty man shall be humbled, and the eyes of the lofty shall be humbled.

But the Lord of Hosts shall be exalted in judgment, and God that is holy shall be sanctified in righteousness.

Then shall the lambs feed after their manner, and the waste places of the fat ones shall strangers eat.

Wo unto them that draw iniquity with cords of vanity, and sin as it were with a cart rope;

That say: Let him make speed, hasten his work, that we may see it; and let the counsel of the Holy One of Israel draw nigh and come, that we may know it.

Wo unto them that call evil good, and good evil, that put darkness for light, and light for darkness, that put bitter for sweet, and sweet for bitter!

Wo unto the wise in their own eyes and prudent in their own sight!

Wo unto the mighty to drink wine, and men of strength to mingle strong drink;

Who justify the wicked for reward, and take away the righteousness of the righteous from him!

- 24 Samakatwid, kung paano tinutupok sa liyab ng apoy ang pinaggapasan, at kung paano natutupok ang ipa ng ningas, ang kanilang mga ugat ay magiging kabulukan, at ang kanilang mga bulaklak ay aahon na tulad ng alabok; dahil sa kanilang itinakwil ang batas ng Panginoon ng mga Hukbo at hinamak ang salita ng Banal ng Israel.
- 25 Samakatwid, matindi ang galit ng Panginoon laban sa kanyang mga tao, at iniunat niya ang kanyang kamay laban sa kanila, at binagabag sila; at nayanig ang mga burol, at ang mga bangkay ay nagkalat sa gitna ng mga lansangan. Sa kabila ng lahat ng ito ang kanyang galit ay hindi napapawi, kundi nakaunat pa rin ang kanyang kamay.
- 26 At siya ay magtataas ng isang sagisag sa mga bansang malalayo, at sisipulan niya ito buhat sa kadulu-duluhan ng mundo; at masdan, darating sila na lubhang nagmamadali; walang mapapagod, ni matitisod man sa kanila.
- 27 Walang iidlip ni matutulog man; ni hindi rin mag-aalis ng pamigkis sa kanilang baywang, ni mapapatid ang tali ng kanilang mga pangyapak;
- 28 Ang kanilang mga palaso ay matatalim, at lahat ng kanilang busog ay nakaakma, at ang mga kuko ng kanilang mga kabayo ay tulad ng batong kiskisan, at ang mga gulong ng kanilang mga sasakyan ay gaya ng buhawi, ang kanilang ungol ay gaya ng sa leon.
- 29 Sila ay magsisiungol tulad ng mga batang leon; oo, uungol sila, at sasakmalin ang huli, at tatangayin, at walang makaaagaw nito.
- 30 At sa araw na yaon ay uungol sila laban sa kanila tulad ng hugong ng dagat; at kung titingnan nila ang lupain, masdan, kadiliman at kalungkutan, at magdidilim ang liwanag sa kalangitan niyon.

Therefore, as the fire devoureth the stubble, and the flame consumeth the chaff, their root shall be rottenness, and their blossoms shall go up as dust; because they have cast away the law of the Lord of Hosts, and despised the word of the Holy One of Israel.

Therefore, is the anger of the Lord kindled against his people, and he hath stretched forth his hand against them, and hath smitten them; and the hills did tremble, and their carcasses were torn in the midst of the streets. For all this his anger is not turned away, but his hand is stretched out still.

And he will lift up an ensign to the nations from far, and will hiss unto them from the end of the earth; and behold, they shall come with speed swiftly; none shall be weary nor stumble among them.

None shall slumber nor sleep; neither shall the girdle of their loins be loosed, nor the latchet of their shoes be broken;

Whose arrows shall be sharp, and all their bows bent, and their horses' hoofs shall be counted like flint, and their wheels like a whirlwind, their roaring like a lion.

They shall roar like young lions; yea, they shall roar, and lay hold of the prey, and shall carry away safe, and none shall deliver.

And in that day they shall roar against them like the roaring of the sea; and if they look unto the land, behold, darkness and sorrow, and the light is darkened in the heavens thereof.

## 2 Nephi 16

- 1 Noong taong mamatay ang haring Uzzias, nakita ko rin ang Panginoon na nakaupo sa isang trono, matayog at mataas, at ang laylayan ng kanyang damit ay pumuno sa templo.
- 2 Sa itaas nito ay nangakatayo ang mga serapin; ang bawat isa ay may anim na pakpak; dalawa upang takpan niya ang kanyang mukha, at dalawa upang takpan niya ang kanyang mga paa, at dalawa upang ipanlipad niya.
- 3 At nagsisigawan sa isa't isa, at nagsasabi: Banal, banal, banal ang Panginoon ng mga Hukbo; ang buong mundo ay puspos ng kanyang kaluwalhatian.
- 4 At ang mga patibayin ng pintuan ay nayanig sa tinig ng yaong sumisigaw, at napuno ng usok ang bahay.
- 5 Pagkatapos sinabi ko: Sa aba ko! Sapagkat ako ay napahamak; dahil sa ako ay isang taong marurumi ang labi; at ako ay naninirahan sa piling ng mga taong marurumi rin ang mga labi; sapagkat nakita ng aking mga mata ang Hari, ang Panginoon ng mga Hukbo.
- 6 Pagkatapos lumipad ang isa sa mga serapin sa akin, na may taglay na nagbabagang uling sa kanyang kamay na kanyang kinuha sa dambana sa pamamagitan ng pang-ipit;
- 7 At inilagay niya ito sa aking bibig, at sinabi: Narito, hinipo nito ang iyong mga labi; at naalis ang iyong kasamaan, at nalinis ang iyong mga kasalanan.
- 8 Narinig ko rin ang tinig ng Panginoon, sinasabing: Sino ang aking isusugo, at sino ang susugo para sa atin? Pagkatapos sinabi ko: Narito ako; isugo ninyo ako.
- 9 At sinabi niya: Humayo at sabihin sa mga taong ito—Inyo ngang naririnig, subalit hindi ninyo nauunawaan; at inyo ngang nakikita, subalit hindi ninyo namamalas.
- 10 Patigas mo ang mga puso ng mga taong ito, at takpan mo ang kanilang mga tainga, at ipinid ang kanilang mga mata—na baka makita ng kanilang mga mata, at marinig ng kanilang mga tainga, at makaunawa sa kanilang mga puso, at magbalik-loob at magsigaling.

## 2 Nephi 16

In the year that king Uzziah died, I saw also the Lord sitting upon a throne, high and lifted up, and his train filled the temple.

Above it stood the seraphim; each one had six wings; with twain he covered his face, and with twain he covered his feet, and with twain he did fly.

And one cried unto another, and said: Holy, holy, holy, is the Lord of Hosts; the whole earth is full of his glory.

And the posts of the door moved at the voice of him that cried, and the house was filled with smoke.

Then said I: Wo is unto me! for I am undone; because I am a man of unclean lips; and I dwell in the midst of a people of unclean lips; for mine eyes have seen the King, the Lord of Hosts.

Then flew one of the seraphim unto me, having a live coal in his hand, which he had taken with the tongs from off the altar;

And he laid it upon my mouth, and said: Lo, this has touched thy lips; and thine iniquity is taken away, and thy sin purged.

Also I heard the voice of the Lord, saying: Whom shall I send, and who will go for us? Then I said: Here am I; send me.

And he said: Go and tell this people—Hear ye indeed, but they understood not; and see ye indeed, but they perceived not.

Make the heart of this people fat, and make their ears heavy, and shut their eyes—lest they see with their eyes, and hear with their ears, and understand with their heart, and be converted and be healed.

- 11 Pagkatapos sinabi ko: Panginoon, gaano katagal? At sinabi niya: Hanggang sa mawasak ang mga lunsod at mawalan ng mga naninirahan, at ang mga bahay ay mawalan ng tao, at ang lupain ay lubusang mangawasak;
- 12 At inilayo ng Panginoon ang mga tao, sapagkat magkakaroon ng labis na kapabayaang sa gitna ng lupain.
- 13 Subalit magkakaroon pa rin ng ikasampung bahagi, at magsisibalik sila, at sila ay lalamunin, tulad ng isang terebinto, at tulad ng isang encina na ang puno ay naiwan kapag nalalagas ang kanilang mga dahon; kung kaya't ang mga banal na binhi ay siyang puno niyon.

Then said I: Lord, how long? And he said: Until the cities be wasted without inhabitant, and the houses without man, and the land be utterly desolate;

And the Lord have removed men far away, for there shall be a great forsaking in the midst of the land.

But yet there shall be a tenth, and they shall return, and shall be eaten, as a teil tree, and as an oak whose substance is in them when they cast their leaves; so the holy seed shall be the substance thereof.

## 2 Nephi 17

- 1 At ito ay nangyari na, na sa mga araw ni Achas na anak ni Jotam, anak ni Uzziyas na hari sa Juda, na si Resin na hari sa Siria, at si Peka anak ni Remalias, hari sa Israel, ay umahon upang lusubin ang Jerusalem, subalit hindi nanaig laban dito.
- 2 At nabalita sa sambahayan ni David, sinasabing: Ang Siria ay nakipagsabwatan sa Ephraim. At ang puso niya ay nanginig, at ang puso ng kanyang mga tao, na tulad ng mga punungkahoy sa kakahuyan na pinakikilos ng malakas na hangin.
- 3 Pagkatapos sinabi ng Panginoon kay Isaias: Humayo ngayon upang salubungin si Achas, ikaw at si Sear-jasub na iyong anak, sa dulo ng padaluyan ng tipunan ng tubig sa itaas sa lansangan ng parang ng tagalaba;
- 4 At sabihin sa kanya: Ikaw ay makinig, at tumahimik; huwag matakot, ni manlupaypay man ang iyong puso sa harapan ng dalawang sulong ito na umuusok, sa masidhing galit ni Resin at Siria, at sa anak ni Remalias.
- 5 Dahil ang Siria, Ephraim, at ang anak ni Remalias, ang nagbalak ng masama laban sa iyo, nagsasabing:
- 6 Umahon tayo laban sa Juda at ligaligin ito, at ating pasukin sila, at maglalagay ng hari sa gitna niyon, oo, ang anak ni Tabel.
- 7 Ganito ang wika ng Panginoong Diyos: Hindi ito magkakagayon, ni hindi ito mangyayari.
- 8 Sapagkat ang ulong lunsod ng Siria ay Damasco, at ang pangulo ng Damasco ay si Resin; at sa loob ng animnapu at limang taon ay magkakawatak-watak ang Ephraim, at hindi na ito magiging bayan.
- 9 At ang ulong lunsod ng Ephraim ay Samaria, at pangulo ng Samaria ang anak na lalaki ni Remalias. Kung hindi kayo maniniwala ay tiyak na hindi kayo mananatili.
- 10 Bukod dito, muling nangusap ang Panginoon kay Achas, nagsasabing:
- 11 Humingi ka ng palatandaan mula sa Panginoon mong Diyos; humingi maging sa kailaliman, o sa kaitaasan.
- 12 Subalit sinabi ni Achas: Hindi ako hihingi, ni hindi ko tutuksuhin ang Panginoon.

## 2 Nephi 17

And it came to pass in the days of Ahaz the son of Jotham, the son of Uzziah, king of Judah, that Rezin, king of Syria, and Pekah the son of Remaliah, king of Israel, went up toward Jerusalem to war against it, but could not prevail against it.

And it was told the house of David, saying: Syria is confederate with Ephraim. And his heart was moved, and the heart of his people, as the trees of the wood are moved with the wind.

Then said the Lord unto Isaiah: Go forth now to meet Ahaz, thou and Shearjashub thy son, at the end of the conduit of the upper pool in the highway of the fuller's field;

And say unto him: Take heed, and be quiet; fear not, neither be faint-hearted for the two tails of these smoking firebrands, for the fierce anger of Rezin with Syria, and of the son of Remaliah.

Because Syria, Ephraim, and the son of Remaliah, have taken evil counsel against thee, saying:

Let us go up against Judah and vex it, and let us make a breach therein for us, and set a king in the midst of it, yea, the son of Tabeal.

Thus saith the Lord God: It shall not stand, neither shall it come to pass.

For the head of Syria is Damascus, and the head of Damascus, Rezin; and within threescore and five years shall Ephraim be broken that it be not a people.

And the head of Ephraim is Samaria, and the head of Samaria is Remaliah's son. If ye will not believe surely ye shall not be established.

Moreover, the Lord spake again unto Ahaz, saying:

Ask thee a sign of the Lord thy God; ask it either in the depths, or in the heights above.

But Ahaz said: I will not ask, neither will I tempt the Lord.

- 13 At sinabi niya: Masdan ninyo ngayon, O sambahayan ni David; diyata't maliit na bagay sa inyo ang pagurin ang mga tao, subalit inyo bang papagurin din ang aking Diyos?
- 14 Samakatwid, ang Panginoon sa kanyang sarili ang magbibigay sa inyo ng palatandaan—Masdan, maglililihi ang isang birhen, at magsisilang ng isang anak na lalaki, at tatawagin ang kanyang pangalang Emmanuel.
- 15 Mantikilya at pulot ang kanyang kakainin, upang malaman niyang tumanggi sa kasamaan at piliin ang mabuti.
- 16 Sapagkat bago matutong tumanggi ang bata sa kasamaan at piliin ang mabuti, ang lupaing iyong kinasusuklaman ay pababayaang ng kapwa niyang mga hari.
- 17 Pararatingin sa iyo ng Panginoon, at sa iyong mga tao, at sa sambahayan ng iyong ama, ang mga araw na kailanman ay hindi pa sumapit magmula nang mapahiwalay ang Ephraim sa Juda, ang hari ng Asiria.
- 18 At ito ay mangyayari na sa araw na yaon ay sisipol ang Panginoon sa langaw na nasa dulo ng mga ilog ng Egipto, at sa bubuyog na nasa lupain ng Asiria.
- 19 At darating sila, at silang lahat ay mangagpapahinga sa mga gibang lambak, at sa mga bitak ng malalaking bato, at sa lahat ng tinikan, at sa lahat ng sukal.
- 20 Sa araw ding iyon ay aahitin ng Panginoon sa pamamagitan ng isang labahang upahan, sa pamamagitan nila na nasa kabila ng ilog, sa pamamagitan ng hari ng Asiria, ang ulo, at ang balahibo ng mga paa; at aalisin nito ang balbas.
- 21 At ito ay mangyayari na sa araw na yaon, ang isang tao ay mag-aalaga ng isang guya at dalawang tupa;
- 22 At ito ay mangyayari, sapagkat sa dami ng gatas na kanilang ibibigay ay kakain siya ng mantikilya; dahil sa mantikilya at pulot ang kakainin ng lahat ng matitira sa lupain.
- 23 At ito ay mangyayari na sa araw na yaon, ang bawat pook na kinaroroonan ng isanlibong puno ng ubas na nagkakahalaga ng isanlibong siklong pilak ay magiging dawagan at tinikan.

And he said: Hear ye now, O house of David; is it a small thing for you to weary men, but will ye weary my God also?

Therefore, the Lord himself shall give you a sign— Behold, a virgin shall conceive, and shall bear a son, and shall call his name Immanuel.

Butter and honey shall he eat, that he may know to refuse the evil and to choose the good.

For before the child shall know to refuse the evil and choose the good, the land that thou abhorrest shall be forsaken of both her kings.

The Lord shall bring upon thee, and upon thy people, and upon thy father's house, days that have not come from the day that Ephraim departed from Judah, the king of Assyria.

And it shall come to pass in that day that the Lord shall hiss for the fly that is in the uttermost part of Egypt, and for the bee that is in the land of Assyria.

And they shall come, and shall rest all of them in the desolate valleys, and in the holes of the rocks, and upon all thorns, and upon all bushes.

In the same day shall the Lord shave with a razor that is hired, by them beyond the river, by the king of Assyria, the head, and the hair of the feet; and it shall also consume the beard.

And it shall come to pass in that day, a man shall nourish a young cow and two sheep;

And it shall come to pass, for the abundance of milk they shall give he shall eat butter; for butter and honey shall every one eat that is left in the land.

And it shall come to pass in that day, every place shall be, where there were a thousand vines at a thousand silverlings, which shall be for briers and thorns.

24 Darating ang mga tao rito na may mga palaso at busog, dahil ang buong lupain ay magiging dawagan at tinikan.

25 At ang lahat ng burol na huhukayin sa pamamagitan ng asarol, hindi mo paroroonan dahil sa takot sa mga dawagan at tinikan; kaya't ito ay magiging pastulan ng mga baka, at pagyayapakan ng mga mababang uri ng hayop.

With arrows and with bows shall men come thither, because all the land shall become briers and thorns.

And all hills that shall be digged with the mattock, there shall not come thither the fear of briers and thorns; but it shall be for the sending forth of oxen, and the treading of lesser cattle.

## 2 Nephi 18

- 1 Bukod dito, ang salita ng Panginoon ay nagsabi sa akin: Kumuha ka ng isang malaking balumbon ng papel, at sulatan ito sa pamamagitan ng panulat ng tao, hinggil kay Maher-salalias-baz.
- 2 At kumuha ako ng mga tapat na saksi upang magtala, si Uria na saserdote, at si Zekarias na anak ni Jeberekias.
- 3 At nagtungo ako sa propetisa; at naglihi siya at nagsilang ng isang anak na lalaki. Pagkatapos sinabi sa akin ng Panginoon: Tawagin siya sa pangalang Maher-salalias-baz.
- 4 Sapagkat masdan, hindi matututong magsalita ang bata ng, Ama ko, at ina ko, bago ang mga kayamanan ng Damasco, at ang mga sinamsam ng Samaria ay aagawin sa harapan ng hari ng Asiria.
- 5 Muling nangusap sa akin ang Panginoon, nagsasabing:
- 6 Yaman din lamang na tinanggihan ng mga taong ito ang tubig ng Siloa na marahang umaagos, at nangagsasaya kay Resin at sa anak ni Remalias;
- 7 Ngayon samakatwid, masdan, ang Panginoon ay magpapadala sa kanila ng malakas at bumubugsong tubig ng ilog, maging ang hari ng Asiria at ang kanyang buong kaluwalhatian; na anupa't aapaw sa lahat ng kanyang pampang, at babaha sa lahat ng kanyang baybayin.
- 8 At magdaraan sa Juda; babaha at tataas ang tubig hanggang sa leeg; at sasakupin ng kanyang mga pakpak ang buong kalawakan ng iyong lupain, O Emmanuel.
- 9 Kayo ay magsama-sama, O kayong mga tao, at kayo ay magkakawatak-watak; at makinig kayong lahat na nasa malalayong bansa; mangagbigkis kayo, at kayo ay magkakawatak-watak din; mangagbigkis kayo, at kayo ay magkakawatak-watak din.
- 10 Magsanggunian kayo, at mawawalang-saysay ito; magsalita kayo at walang mangyayari; sapagkat nasa amin ang Diyos.
- 11 Sapagkat nangusap ang Panginoon ng ganito sa akin sa pamamagitan ng malakas na kamay, at inatasan ako na huwag akong susunod sa mga yapak ng mga taong ito, nagsasabing:

## 2 Nephi 18

Moreover, the word of the Lord said unto me: Take thee a great roll, and write in it with a man's pen, concerning Maher-shalal-hash-baz.

And I took unto me faithful witnesses to record, Uria the priest, and Zechariah the son of Jeberechiah.

And I went unto the prophetess; and she conceived and bare a son. Then said the Lord to me: Call his name, Maher-shalal-hash-baz.

For behold, the child shall not have knowledge to cry, My father, and my mother, before the riches of Damascus and the spoil of Samaria shall be taken away before the king of Assyria.

The Lord spake also unto me again, saying:

Forasmuch as this people refuseth the waters of Shiloah that go softly, and rejoice in Rezin and Remaliah's son;

Now therefore, behold, the Lord bringeth up upon them the waters of the river, strong and many, even the king of Assyria and all his glory; and he shall come up over all his channels, and go over all his banks.

And he shall pass through Judah; he shall overflow and go over, he shall reach even to the neck; and the stretching out of his wings shall fill the breadth of thy land, O Immanuel.

Associate yourselves, O ye people, and ye shall be broken in pieces; and give ear all ye of far countries; gird yourselves, and ye shall be broken in pieces; gird yourselves, and ye shall be broken in pieces.

Take counsel together, and it shall come to naught; speak the word, and it shall not stand; for God is with us.

For the Lord spake thus to me with a strong hand, and instructed me that I should not walk in the way of this people, saying:



12 Huwag ninyong sabihin, Isang kilusan, sa lahat ng sasabihin ng mga taong ito, Isang kilusan; huwag kayong matakot sa kanilang kinatatakutan, ni ang mangamba.

13 Pabanalin ang Panginoon ng mga Hukbo, at sa kanya kayo matakot, at sa kanya kayo mangilabot.

14 At siya ay magiging santuwaryo; ngunit batong katitisan, at isang malaking batong pangbuwal sa kapwa sambahayan ni Israel, bilang isang bitag at isang silo sa mga naninirahan sa Jerusalem.

15 At marami sa kanila ang matitisod at mabubuwal, at masasaktan, at masisilo, at mahuhuli.

16 Ingatan mo ang patotoo, tatakan mo ang batas sa aking mga disipulo.

17 At maghihintay ako sa Panginoon, na ikinukubli ang kanyang mukha sa harapan ng sambahayan ni Jacob, at hahanapin ko siya.

18 Masdan, ako at ang aking mga anak na kaloob sa akin ng Panginoon ay mga palatandaan at kababalaghan sa Israel mula sa Panginoon ng mga Hukbo, na naninirahan sa Bundok ng Sion.

19 At kapag sasabihin nila sa inyo: Sumangguni kayo sa mga yaong piton, at sa mga manghuhulang nagsisihuni at nagsisibulong—hindi ba marapat na ang Diyos ang sanggunian ng tao, upang makarinig ang mga buhay mula sa mga patay?

20 Nasa inyo ang batas at patotoo; at kung hindi sila magsasalita nang naaayon sa salitang ito, ito ay dahil sa wala ang liwanag sa kanila.

21 At sila ay magsisidaan doon na nanlulupaypay at nagugutom; at ito ay mangyayari na kapag nagutom sila, sila na rin ay magagalit, at isusumpa ang kanilang hari at ang kanilang Diyos, at titingala.

22 At tutunghay sila sa lupa at mamamasdan ang kaligaligan, at kadiliman, kapanglawang kahapishapis, at itataboy sila sa kadiliman.

Say ye not, A confederacy, to all to whom this people shall say, A confederacy; neither fear ye their fear, nor be afraid.

Sanctify the Lord of Hosts himself, and let him be your fear, and let him be your dread.

And he shall be for a sanctuary; but for a stone of stumbling, and for a rock of offense to both the houses of Israel, for a gin and a snare to the inhabitants of Jerusalem.

And many among them shall stumble and fall, and be broken, and be snared, and be taken.

Bind up the testimony, seal the law among my disciples.

And I will wait upon the Lord, that hideth his face from the house of Jacob, and I will look for him.

Behold, I and the children whom the Lord hath given me are for signs and for wonders in Israel from the Lord of Hosts, which dwelleth in Mount Zion.

And when they shall say unto you: Seek unto them that have familiar spirits, and unto wizards that peep and mutter—should not a people seek unto their God for the living to hear from the dead?

To the law and to the testimony; and if they speak not according to this word, it is because there is no light in them.

And they shall pass through it hardly bestead and hungry; and it shall come to pass that when they shall be hungry, they shall fret themselves, and curse their king and their God, and look upward.

And they shall look unto the earth and behold trouble, and darkness, dimness of anguish, and shall be driven to darkness.

## 2 Nephi 19

- 1 Gayon pa man, ang karimlan ay hindi magiging katulad ng kanyang paghihinagpis, nang sa una ay magaan niyang pinahirapan ang lupain ng Zabulon, at ang lupain ng Neptali, at pagkaraan ay higit na masidhing pahihirapan ang daan patungo sa Dagat na Pula sa kabila ng Jordan sa Galilea ng mga bansa.
- 2 Ang mga taong lumalakad sa kadiliman ay nakakita ng dakilang liwanag; sila na naninirahan sa lupain ng anino ng kamatayan, sa kanila sumikat ang isang liwanag.
- 3 Iyong pinarami ang bansa, at nagdulot ng kagalakan—nagagalak sila sa iyong harapan alinsunod sa kagalakan ng pag-aani, at gaya ng pagsasaya ng mga tao habang hinahati ang kanilang nasamsam.
- 4 Sapagkat sinira mo ang pamatok na kanyang pasan, at ang pamalong tumatama sa kanyang balikat, ang hagupit ng umaalipin sa kanya.
- 5 Sapagkat ang bawat digmaan ng mandirigma ay may nakalilitong kaguluhan, at ang mga kasuotan ay nabalot sa dugo; subalit ito ay susunugin at igagatong sa apoy.
- 6 Sapagkat sa atin ay isinilang ang isang bata, sa atin ay ibinigay ang isang anak na lalaki; at ang pamamahala ay maaatang sa kanyang balikat; at ang kanyang pangalan ay tatawaging Kahanga-hanga, Tagapayo, Ang Makapangyarihang Diyos, Ang Amang Walang Hanggan, Ang Prinsipe ng Kapayapaan.
- 7 Ang pag-unlad ng kanyang pamamahala at kapayapaan ay walang katapusan, sa trono ni David, at sa kanyang kaharian upang isaayos ito, at upang itatag ito nang may kahatulan at katarungan mula ngayon, maging magpakailanman. Mangyayari ito sa pagpupunyagi ng Panginoon ng mga Hukbo.
- 8 Ipinasabi ng Panginoon ang kanyang salita kay Jacob at naliwanagan nito ang Israel.
- 9 At malalaman ng lahat ng tao, maging sa Ephraim at sa mga naninirahan sa Samaria, na nagsasabi sa kapalaluan at sa kapusukan ng kanilang puso:
- 10 Nagkahulog ang mga ladrilyo, subalit magtatayo tayo sa tinabasang bato; ang mga sikomoro ay nangaputol, subalit papalitan natin sila ng mga sedro.

## 2 Nephi 19

Nevertheless, the dimness shall not be such as was in her vexation, when at first he lightly afflicted the land of Zebulun, and the land of Naphtali, and afterwards did more grievously afflict by the way of the Red Sea beyond Jordan in Galilee of the nations.

The people that walked in darkness have seen a great light; they that dwell in the land of the shadow of death, upon them hath the light shined.

Thou hast multiplied the nation, and increased the joy—they joy before thee according to the joy in harvest, and as men rejoice when they divide the spoil.

For thou hast broken the yoke of his burden, and the staff of his shoulder, the rod of his oppressor.

For every battle of the warrior is with confused noise, and garments rolled in blood; but this shall be with burning and fuel of fire.

For unto us a child is born, unto us a son is given; and the government shall be upon his shoulder; and his name shall be called, Wonderful, Counselor, The Mighty God, The Everlasting Father, The Prince of Peace.

Of the increase of government and peace there is no end, upon the throne of David, and upon his kingdom to order it, and to establish it with judgment and with justice from henceforth, even forever. The zeal of the Lord of Hosts will perform this.

The Lord sent his word unto Jacob and it hath lighted upon Israel.

And all the people shall know, even Ephraim and the inhabitants of Samaria, that say in the pride and stoutness of heart:

The bricks are fallen down, but we will build with hewn stones; the sycamores are cut down, but we will change them into cedars.

- 11 Samakatwid pinalusob ng Panginoon ang mga kaaway ni Resin laban sa kanya, at pinagsama ang kanyang mga kaaway;
- 12 Ang mga taga-Siria sa harapan at ang mga Filisteo sa likuran; at bukung bibig nilang lalamunin ang Israel. Sa lahat ng ito ang kanyang galit ay hindi napapawi, kundi nakaunat pa rin ang kanyang kamay.
- 13 Sapagkat hindi bumaling sa kanya ang mga taong yaon na mga nagpapahirap sa kanila, ni hindi hinahanap ang Panginoon ng mga Hukbo.
- 14 Samakatwid puputulin ng Panginoon mula sa Israel ang ulo at buntot, ang sanga at tambo sa isang araw.
- 15 Ang matanda, siya ang ulo; at ang propetang nagtuturo ng mga kasinungalingan, siya ang buntot.
- 16 Sapagkat ang mga pinuno ng mga taong ito ang nagliligaw sa kanila; at silang pinamumunuan nila ay winawasak.
- 17 Kaya nga hindi magkakaroon ng kagalakan ang Panginoon sa kanilang mga kabataang lalaki, ni kaaawaan ang kanilang mga ulila at babaing balo; sapagkat bawat isa sa kanila ay mapagkunwari at mga manggagawa ng kasamaan, at bawat bibig ay nagsasalita ng kahangalan. Sa lahat ng ito ang kanyang galit ay hindi napapawi, kundi nakaunat pa rin ang kanyang kamay.
- 18 Sapagkat ang kasamaan ay sumusunog na tulad ng apoy; tutupukin nito ang mga dawagan at tinikan, at mag-aalab sa siitan ng mga gubat, at pumapailanglang sila tulad sa pagtaas ng usok.
- 19 Sa pamamagitan ng poot ng Panginoon ng mga Hukbo ay dumilim ang lupain, at ang mga tao ay magiging gatong ng apoy; walang sino man ang maaawa sa kanyang kapatid.
- 20 At susunggab siya sa kanyang kanang kamay at magugutom; at kakain siya sa kaliwang kamay at hindi sila mabubusog; kinakain ng bawat isa ang laman ng kanyang sariling bisig—
- 21 Si Manases, si Ephraim; at si Ephraim, si Manases; magkasama silang kakalaban sa Juda. Sa lahat ng ito ang kanyang galit ay hindi napapawi, kundi nakaunat pa rin ang kanyang kamay.

Therefore the Lord shall set up the adversaries of Rezin against him, and join his enemies together;

The Syrians before and the Philistines behind; and they shall devour Israel with open mouth. For all this his anger is not turned away, but his hand is stretched out still.

For the people turneth not unto him that smiteth them, neither do they seek the Lord of Hosts.

Therefore will the Lord cut off from Israel head and tail, branch and rush in one day.

The ancient, he is the head; and the prophet that teacheth lies, he is the tail.

For the leaders of this people cause them to err; and they that are led of them are destroyed.

Therefore the Lord shall have no joy in their young men, neither shall have mercy on their fatherless and widows; for every one of them is a hypocrite and an evildoer, and every mouth speaketh folly. For all this his anger is not turned away, but his hand is stretched out still.

For wickedness burneth as the fire; it shall devour the briers and thorns, and shall kindle in the thickets of the forests, and they shall mount up like the lifting up of smoke.

Through the wrath of the Lord of Hosts is the land darkened, and the people shall be as the fuel of the fire; no man shall spare his brother.

And he shall snatch on the right hand and be hungry; and he shall eat on the left hand and they shall not be satisfied; they shall eat every man the flesh of his own arm—

Manasseh, Ephraim; and Ephraim, Manasseh; they together shall be against Judah. For all this his anger is not turned away, but his hand is stretched out still.

## 2 Nephi 20

- 1 Sa aba nila na nag-uutos ng masasamang utos, at yaong sumusulat ng kasuwailan na kanilang ipinapayo;
- 2 Upang pagkaitan ng katarungan ang mga nangangailangan, at alisan ng karapatan ang mga maralita ng aking mga tao, upang ang mga babaing balo ay kanilang maging pain, at upang kanilang manakawan ang mga ulila!
- 3 At ano ang iyong gagawin sa araw ng kaparusahan, at sa pagkawasak na darating mula sa malayo? Kanino kayo tatakbo upang humingi ng tulong? At saan mo iiwan ang iyong kayamanan?
- 4 Kung wala ako ay yuyukod silang kasama ng mga bihag, at mabubuwal silang kasama ng mga napatay. Sa lahat ng ito ang kanyang galit ay hindi napapawi, kundi nakaunat pa rin ang kanyang kamay.
- 5 O mga taga-Asiria, na pamalo ng aking galit, at ang tungkod sa kanilang mga kamay ay kanilang pagkapoot.
- 6 Ipadadala ko siya laban sa isang mapagkunwaring bansa, at isusugo ko siya sa mga taong aking kinapopootan upang manamsam, at upang kunin ang pain, at upang yapakan sila na tulad ng luwad sa mga lansangan.
- 7 Subalit hindi gayon ang kanyang ibig sabihin, ni hindi gayon ang saloobin ng kanyang puso; kundi nasa puso niya ang mangwasak at paghiwalayin ang hindi kakaunting mga bansa.
- 8 Sapagkat winika niya: Hindi ba't mga hari ang lahat ng aking prinsipe?
- 9 Hindi ba't ang Calno ay katulad ng Carchemis? Hindi ba't ang Hamath ay katulad ng Arpad? Hindi ba't ang Samaria ay katulad ng Damasco?
- 10 Tulad ng pagtatag ng aking kamay sa mga kaharian ng mga diyus-diyusan, at ng yaong mga nililok na larawan ay nahigitan sila ng mga taga-Jerusalem at taga-Samaria;
- 11 Hindi ko ba gagawin ang tulad ng aking ginawa sa Samaria at sa kanyang mga diyus-diyusan, ang gayon din sa Jerusalem at sa kanyang mga diyus-diyusan?

## 2 Nephi 20

Wo unto them that decree unrighteous decrees, and that write grievousness which they have prescribed;

To turn away the needy from judgment, and to take away the right from the poor of my people, that widows may be their prey, and that they may rob the fatherless!

And what will ye do in the day of visitation, and in the desolation which shall come from far? to whom will ye flee for help? and where will ye leave your glory?

Without me they shall bow down under the prisoners, and they shall fall under the slain. For all this his anger is not turned away, but his hand is stretched out still.

O Assyrian, the rod of mine anger, and the staff in their hand is their indignation.

I will send him against a hypocritical nation, and against the people of my wrath will I give him a charge to take the spoil, and to take the prey, and to tread them down like the mire of the streets.

Howbeit he meaneth not so, neither doth his heart think so; but in his heart it is to destroy and cut off nations not a few.

For he saith: Are not my princes altogether kings?

Is not Calno as Carchemis? Is not Hamath as Arpad? Is not Samaria as Damascus?

As my hand hath founded the kingdoms of the idols, and whose graven images did excel them of Jerusalem and of Samaria;

Shall I not, as I have done unto Samaria and her idols, so do to Jerusalem and to her idols?

- 12 Dahil dito, ito ay mangyayari na matapos maisagawa ng Panginoon ang kanyang buong gawain sa Bundok ng Sion at sa Jerusalem, parurusahan ko ang bunga ng mapusok na puso ng hari ng Asiria, at ang kapangyarihan ng kanyang mapagmataas na tingin.
- 13 Sapagkat winika niya: Sa pamamagitan ng lakas ng aking kamay at sa pamamagitan ng aking karunungan ay nagawa ko ang mga bagay na ito; sapagkat ako ay marunong; at aking iniurong ang mga hangganan ng mga tao, at sinamsam ko ang kanilang mga kayamanan, at inilugmok ko ang mga naninirahan tulad ng isang magiting na lalaki;
- 14 At natagpuan ng aking kamay ang mga kayamanan ng mga tao na tulad sa isang pugad; at tulad ng pagtitipon ng mga itlog na natira ay tinipon ko ang buong mundo; at walang sino man ang gumalaw ng pakpak, o nagbuka ng bibig, o sumiyap.
- 15 Magmamapuri ba ang palakol laban sa kanya na gumagamit niyon? Makapagmamalaki ba ang lagari laban sa kanya na humahawak niyon? Na para bang ang pamalo ay makapangyarihan sa kanila na nagtataas niyon, o para bang ang tungkod ay tataas na tila hindi ito kahoy!
- 16 Samakatwid ang Panginoon, ang Panginoon ng mga Hukbo, ay magpapadala sa kanyang matataba, ng kapayatan; at sa ilalim ng kanyang kaluwalhatian ay kanyang paliliyabin ang ningas tulad ng pagniningas ng apoy.
- 17 At ang liwanag ng Israel ay magiging pinaka-apoy, at ang kanyang Banal ay pinaka-ningas, at mag-aalab at tutupukin ang kanyang mga tinikan at dawagan sa isang araw;
- 18 At tutupukin ang kagandahan ng kanyang gubat, at ang kanyang masaganang taniman, kapwa kaluluwa at katawan; at sila ay magiging tulad ng nagdadala ng watawat kapag nanlulupaypay.
- 19 At ang mga nalalabing punungkahoy sa kanyang gubat ay kakaunti, anupa't mabibilang sila ng isang bata.
- 20 At ito ay mangyayari sa araw na yaon, na ang labi ng Israel, at yaong mga nakatakas sa sambahayan ni Jacob, ay hindi na muling mananalig sa kanya na bumagabag sa kanila, subalit mananalig sa Panginoon, ang Banal ng Israel, sa katotohanan.

Wherefore it shall come to pass that when the Lord hath performed his whole work upon Mount Zion and upon Jerusalem, I will punish the fruit of the stout heart of the king of Assyria, and the glory of his high looks.

For he saith: By the strength of my hand and by my wisdom I have done these things; for I am prudent; and I have moved the borders of the people, and have robbed their treasures, and I have put down the inhabitants like a valiant man;

And my hand hath found as a nest the riches of the people; and as one gathereth eggs that are left have I gathered all the earth; and there was none that moved the wing, or opened the mouth, or peeped.

Shall the ax boast itself against him that heweth therewith? Shall the saw magnify itself against him that shaketh it? As if the rod should shake itself against them that lift it up, or as if the staff should lift up itself as if it were no wood!

Therefore shall the Lord, the Lord of Hosts, send among his fat ones, leanness; and under his glory he shall kindle a burning like the burning of a fire.

And the light of Israel shall be for a fire, and his Holy One for a flame, and shall burn and shall devour his thorns and his briars in one day;

And shall consume the glory of his forest, and of his fruitful field, both soul and body; and they shall be as when a standard-bearer fainteth.

And the rest of the trees of his forest shall be few, that a child may write them.

And it shall come to pass in that day, that the remnant of Israel, and such as are escaped of the house of Jacob, shall no more again stay upon him that smote them, but shall stay upon the Lord, the Holy One of Israel, in truth.

21 Magbabalik ang labi, oo, maging ang labi ni Jacob, sa makapangyarihang Diyos.

22 Sapagkat bagaman ang iyong mga tao sa Israel ay kasindami ng buhangin sa dagat, gayon pa man magbabalik ang labi nila; ang itinakdang pagkalipol ay aapaw sa katwiran.

23 Sapagkat ang paglilipol ay itinakda na ng Panginoong Diyos ng mga Hukbo, maging sa buong lupain.

24 Samakatwid, ganito ang wika ng Panginoong Diyos ng mga Hukbo: O, aking mga tao na naninirahan sa Sion, huwag kayong matakot sa mga taga-Asiria; hahampasin ka niya ng isang pamalo, at magtataas siya ng tungkod laban sa iyo, tulad ng nakaugalian sa Egipto.

25 Sapagkat sumandali na lamang, at magwawakas na ang kapootan, at aking galit sa kanilang pagkawasak.

26 At pupukawin siya ng Panginoon ng mga Hukbo ng isang pagpapahirap alinsunod sa pagkakatay sa Media sa malaking bato ng Horeb; at itataas ang kanyang tungkod sa dagat gaya nang nakaugalian sa Egipto.

27 At ito ay mangyayari na sa araw na yaon ay maaalis ang pasaning nakaatang sa kanyang balikat, at ang kanyang singkaw mula sa kanyang leeg, at mawawasak ang singkaw dahil sa pagpapahid ng langis.

28 Dumating siya sa Aiath, nagdaan siya sa Migron; sa Mikmas ay iniwan ang kanyang mga dala-dalahan.

29 Nakaraan na sila sa tawiran; nagpahinga sila sa Gebas; natakot ang Ramat; tumakas ang Gibeas ni Saul.

30 Humiyaw nang malakas, O anak na babae ni Galim; iparinig ito sa Lais, o kaawa-awang Anatot.

31 Wala nang tao sa Madmena; nagtipun-tipon ang mga naninirahan sa Gabim upang tumakas.

32 Ngayong araw na ito ay nakatigil pa siya sa Nob; iwawasiwas niya ang kanyang kamay laban sa bundok ng anak na babae ng Sion, sa burol ng Jerusalem.

33 Masdan, ang Panginoon, ang Panginoon ng mga Hukbo ay puputulin ang mga sanga nang kakilakilabot; at ibubuwal ang matataas, at ang matatayog ay ibababa.

The remnant shall return, yea, even the remnant of Jacob, unto the mighty God.

For though thy people Israel be as the sand of the sea, yet a remnant of them shall return; the consumption decreed shall overflow with righteousness.

For the Lord God of Hosts shall make a consumption, even determined in all the land.

Therefore, thus saith the Lord God of Hosts: O my people that dwellest in Zion, be not afraid of the Assyrian; he shall smite thee with a rod, and shall lift up his staff against thee, after the manner of Egypt.

For yet a very little while, and the indignation shall cease, and mine anger in their destruction.

And the Lord of Hosts shall stir up a scourge for him according to the slaughter of Midian at the rock of Oreb; and as his rod was upon the sea so shall he lift it up after the manner of Egypt.

And it shall come to pass in that day that his burden shall be taken away from off thy shoulder, and his yoke from off thy neck, and the yoke shall be destroyed because of the anointing.

He is come to Aiath, he is passed to Migron; at Michmash he hath laid up his carriages.

They are gone over the passage; they have taken up their lodging at Geba; Ramath is afraid; Gibeah of Saul is fled.

Lift up the voice, O daughter of Gallim; cause it to be heard unto Laish, O poor Anathoth.

Madmenah is removed; the inhabitants of Gebim gather themselves to flee.

As yet shall he remain at Nob that day; he shall shake his hand against the mount of the daughter of Zion, the hill of Jerusalem.

Behold, the Lord, the Lord of Hosts shall lop the bough with terror; and the high ones of stature shall be hewn down; and the haughty shall be humbled.

34 Ang kasukalan ng gubat ay kanyang tatabasin ng bakal, at mawawasak ang Libano sa pamamagitan ng isang makapangyarihan.

And he shall cut down the thickets of the forests with iron, and Lebanon shall fall by a mighty one.

## 2 Nephi 21

- 1 At may lalabas na usbong sa puno ni Jesse, at lilitaw ang isang sanga mula sa kanyang mga ugat.
- 2 At mapapasakanya ang Espiritu ng Panginoon, ang diwa ng karunungan at pang-unawa, ang diwa ng pagpapayo at kapangyarihan, ang diwa ng kaalaman at ang takot sa Panginoon;
- 3 At kalulugdan niya ang pagkatakot sa Panginoon; at hindi siya hahatol nang naaayon sa nakikita ng kanyang mga mata, ni hindi rin hahatol ng alinsunod sa naririnig ng kanyang mga tainga.
- 4 Subalit hahatulan niya ang mga maralita nang may katwiran, at sasaway sa mga maaamo nang pantay-pantay; at kanyang hahampasin ang mundo ng pamalo ng kanyang bibig, at sa hininga ng kanyang mga labi ay papatayin niya ang masasama.
- 5 At magiging bigkis ng kanyang baywang ang katwiran, at katapatan ang pamigkis ng kanyang balakang.
- 6 At maninirahan din ang lobo na kasama ang kordero, at mahihiga ang leopardo na kasiping ang batang kambing, at ang guya at ang batang leon at ang patabain ay magkasamang manginginain; at aakayin sila ng isang maliit na bata.
- 7 At manginginain ang baka at ang oso; at ang kanilang mga anak ay sama-samang mahihiga; at kakain ng dayami ang leon na tulad ng baka.
- 8 At ang pasusuhing bata ay maglalaro sa lungga ng ahas, at ipapasok ng sanggol na kaaawat pa lamang ang kanyang kamay sa lungga ng ulupong.
- 9 At hindi sila mananakit ni maninira sa lahat ng aking banal na bundok, sapagkat mapupuno ang mundo ng kaalaman sa Panginoon, tulad ng pagkapuno ng tubig sa karagatan.
- 10 At sa araw na yaon ay sisibol ang isang ugat ni Jesse, na tatayong pinakasagisag sa mga tao; dito ang mga Gentil ay sasangguni; at magiging maluwalhati ang kanyang katiwasayan.
- 11 At ito ay mangyayari sa araw na yaon na itataas na muli ng Panginoon ang kanyang kamay sa ikalawang pagkakataon upang maibalik ang labi ng kanyang mga tao na matitira, mula sa Asiria, at mula sa Egipto, at mula sa Patros, at mula sa Cus, at mula sa Elam, at mula sa Sinar, at mula sa Jamat, at mula sa mga pulo ng dagat.

## 2 Nephi 21

- And there shall come forth a rod out of the stem of Jesse, and a branch shall grow out of his roots.
- And the Spirit of the Lord shall rest upon him, the spirit of wisdom and understanding, the spirit of counsel and might, the spirit of knowledge and of the fear of the Lord;
- And shall make him of quick understanding in the fear of the Lord; and he shall not judge after the sight of his eyes, neither reprove after the hearing of his ears.
- But with righteousness shall he judge the poor, and reprove with equity for the meek of the earth; and he shall smite the earth with the rod of his mouth, and with the breath of his lips shall he slay the wicked.
- And righteousness shall be the girdle of his loins, and faithfulness the girdle of his reins.
- The wolf also shall dwell with the lamb, and the leopard shall lie down with the kid, and the calf and the young lion and fatling together; and a little child shall lead them.
- And the cow and the bear shall feed; their young ones shall lie down together; and the lion shall eat straw like the ox.
- And the sucking child shall play on the hole of the asp, and the weaned child shall put his hand on the cockatrice's den.
- They shall not hurt nor destroy in all my holy mountain, for the earth shall be full of the knowledge of the Lord, as the waters cover the sea.
- And in that day there shall be a root of Jesse, which shall stand for an ensign of the people; to it shall the Gentiles seek; and his rest shall be glorious.
- And it shall come to pass in that day that the Lord shall set his hand again the second time to recover the remnant of his people which shall be left, from Assyria, and from Egypt, and from Pathros, and from Cush, and from Elam, and from Shinar, and from Hamath, and from the islands of the sea.



- 12 At magtataas siya ng sagisag para sa mga bansa, at titipunin niya ang mga tapon ng Israel, at samasamang titipunin ang mga ikinalat ng Juda mula sa apat na sulok ng mundo.
- 13 At ang paninibugho rin ng Ephraim ay maaalis, at ihihiwalay ang mga kaaway ng Juda; hindi na maiinggit ang Ephraim sa Juda, at hindi na manliligalig ang Juda sa Ephraim.
- 14 Subalit lulusob sila sa mga balik at ng mga Filisteo tungo sa kanluran; sabay-sabay silang mananamsam sa mga anak ng silanganan; at pagbubuhatan ng kanilang kamay ang Edom at Moab; at susundin sila ng mga anak ni Ammon.
- 15 At lubusang patutuyuin ng Panginoon ang dila ng dagat Egipto; at sa pamamagitan ng kanyang malakas na hangin ay iwawasiwas niya ang kanyang kamay sa ilog, at hahampasin niya sa pitong batis, at palalakaran niya ang mga tao na hindi basa ang sapin sa paa.
- 16 At magkakaroon ng lansangan para sa mga labi ng kanyang mga tao na matitira, mula sa Asiria, tulad ng sa Israel sa araw na sila ay lumabas mula sa lupain ng Egipto.

And he shall set up an ensign for the nations, and shall assemble the outcasts of Israel, and gather together the dispersed of Judah from the four corners of the earth.

The envy of Ephraim also shall depart, and the adversaries of Judah shall be cut off; Ephraim shall not envy Judah, and Judah shall not vex Ephraim.

But they shall fly upon the shoulders of the Philistines towards the west; they shall spoil them of the east together; they shall lay their hand upon Edom and Moab; and the children of Ammon shall obey them.

And the Lord shall utterly destroy the tongue of the Egyptian sea; and with his mighty wind he shall shake his hand over the river, and shall smite it in the seven streams, and make men go over dry shod.

And there shall be a highway for the remnant of his people which shall be left, from Assyria, like as it was to Israel in the day that he came up out of the land of Egypt.

## 2 Nephi 22

- 1 At iyong sasabihin sa araw na yaon: O Panginoon, pupurihin kita; bagaman nagalit kayo sa akin ay napawi ang inyong galit, at inalo ninyo ako.
- 2 Masdan, ang Diyos ang aking kaligtasan; ako ay magtitiwala, at walang katatakutan; sapagkat ang Panginoong JEHOVA ang aking lakas at aking awit; siya rin ay naging aking kaligtasan.
- 3 Samakatwid, masaya kang iigib ng tubig mula sa mga balon ng kaligtasan.
- 4 At sasabihin mo sa araw na yaon: Purihin ang Panginoon, manawagan sa kanyang pangalan, ipahayag sa iyong mga tao ang kanyang mga gawain, ipagbantog na dakila ang kanyang pangalan.
- 5 Awitan ang Panginoon; sapagkat gumawa siya ng mga dakilang bagay; ang mga ito ay ipaaalam sa buong mundo.
- 6 Humiyaw at sumigaw, kayong mga naninirahan sa Sion; sapagkat dakila ang Banal ng Israel na nasa piling ninyo.

## 2 Nephi 22

And in that day thou shalt say: O Lord, I will praise thee; though thou wast angry with me thine anger is turned away, and thou comfortedst me.

Behold, God is my salvation; I will trust, and not be afraid; for the Lord JEHOVAH is my strength and my song; he also has become my salvation.

Therefore, with joy shall ye draw water out of the wells of salvation.

And in that day shall ye say: Praise the Lord, call upon his name, declare his doings among the people, make mention that his name is exalted.

Sing unto the Lord; for he hath done excellent things; this is known in all the earth.

Cry out and shout, thou inhabitant of Zion; for great is the Holy One of Israel in the midst of thee.

## 2 Nephi 23

- 1 Ang iprinopesiya sa Babilonia, na nakita ni Isaias na anak ni Amos.
- 2 Magtayo ka ng bandila sa mataas na bundok, sumigaw kayo sa kanila, iwasiwas ang kamay, upang pumasok sila sa mga pintuan ng mga maharlika.
- 3 Inutusan ko ang aking mga itinalaga, tinawag ko rin ang aking mga makapangyarihan, sapagkat ang aking galit ay wala sa kanila na mga nagsasaya sa aking kamahalan.
- 4 Ang ingay ng maraming tao sa mga bundok ay tulad ng isang dakilang bansa, umaalingawngaw ang kaguluhan ng mga kaharian ng mga bansang nagtipun-tipon, ang Panginoon ng mga Hukbo ang nangangalap ng mga hukbo ng digmaan.
- 5 Nagmula sila sa malayong bansa, mula sa hangganan ng langit, oo, ang Panginoon, at ang mga sandata ng kanyang poot, upang wasakin ang buong lupain.
- 6 Magsiungol kayo, sapagkat nalalapit na ang araw ng Panginoon; darating ito bilang isang pagwasak mula sa Pinakamakapangyarihan.
- 7 Samakatwid manghihina ang lahat ng kamay, manlulumo ang puso ng bawat tao;
- 8 At matatakot sila; matinding kirot at kalungkutan ay daranasin nila; magugulat sila sa isa't isa; waring magliliyab ang kanilang mga mukha.
- 9 Masdan, nalalapit na ang araw ng Panginoon, malupit na may poot at masidhing galit, upang wasakin ang lupain; at lilipulin niya ang mga makasalanan doon.
- 10 Sapagkat ang mga bituin sa langit at ang mga kaningningan niyon ay hindi magbibigay ng kanilang liwanag; magdidilim ang araw sa kanyang pagsikat, at hindi magbibigay ng kanyang liwanag ang buwan.
- 11 At parurusahan ko ang daigdig dahil sa kanyang kasamaan, at ang masasama dahil sa kanilang kabuktutan; aking pipigilin ang kahambugan ng mga palalo, at aking ibababa ang pagmamataas ng malulupit.
- 12 Gagawin kong higit na mahalaga ang tao kaysa lantay na ginto; maging ang isang tao kaysa sa gintong sinsel ng Ofir.

## 2 Nephi 23

The burden of Babylon, which Isaiah the son of Amoz did see.

Lift ye up a banner upon the high mountain, exalt the voice unto them, shake the hand, that they may go into the gates of the nobles.

I have commanded my sanctified ones, I have also called my mighty ones, for mine anger is not upon them that rejoice in my highness.

The noise of the multitude in the mountains like as of a great people, a tumultuous noise of the kingdoms of nations gathered together, the Lord of Hosts mustereth the hosts of the battle.

They come from a far country, from the end of heaven, yea, the Lord, and the weapons of his indignation, to destroy the whole land.

Howl ye, for the day of the Lord is at hand; it shall come as a destruction from the Almighty.

Therefore shall all hands be faint, every man's heart shall melt;

And they shall be afraid; pangs and sorrows shall take hold of them; they shall be amazed one at another; their faces shall be as flames.

Behold, the day of the Lord cometh, cruel both with wrath and fierce anger, to lay the land desolate; and he shall destroy the sinners thereof out of it.

For the stars of heaven and the constellations thereof shall not give their light; the sun shall be darkened in his going forth, and the moon shall not cause her light to shine.

And I will punish the world for evil, and the wicked for their iniquity; I will cause the arrogance of the proud to cease, and will lay down the haughtiness of the terrible.

I will make a man more precious than fine gold; even a man than the golden wedge of Ophir.

- 13 Samakatwid, yayanigin ko ang kalangitan, at aalisin ko ang lupa sa kanyang kinalalagyan, sa kapootan ng Panginoon ng mga Hukbo, at sa araw ng kanyang masidhing galit.
- 14 At matutulad ito sa usang hinahabol, at tulad ng isang tupang walang pastol; at magbabalik ang bawat isa sa kani-kanyang bayan, at tatakas ang bawat isa sa kani-kanyang lupain.
- 15 Ang bawat palalo ay sisibatin; oo, at ang bawat isang aanib sa masama ay babagsak sa pamamagitan ng espada.
- 16 Ang kanilang mga anak din ay pagluluray-lurayin sa harapan ng kanilang mga mata; pagnanakawan ang kanilang mga tahanan at gagahasain ang kanilang mga asawa.
- 17 Masdan, aking pupukawin ang mga taga-Media laban sa kanila, na hindi magpapakundangan sa pilak at ginto, ni hindi sila nalulugod dito.
- 18 Luluray-lurayin din ng kanilang mga busog ang mga kabataang lalaki; at mawawalan sila ng awa sa bunga ng sinapupunan; hindi nila patatawarin ang mga bata.
- 19 At ang Babilonia, ang kaluwalhatian ng mga kaharian, ang gandang ipinagmamalaki ng mga Caldeo, ay magagaya sa pagkawasak ng Diyos sa Sodoma at Gomorra.
- 20 Hindi na ito matitirahan, ni hindi paninirahan sa bawat sali't salinlahi: ni hindi na ito tatayuan ng tolda ng taga-Arabia; ni hindi pahihigain doon ng mga pastol ang kanilang kawan.
- 21 Subalit ang mababangis na hayop ng ilang ay mahihiga roon; at mapupuno ang kanilang mga tahanan ng mga hayop na nagsisiungol; at mamamahay roon ang mga kuwago, magluluksuhan doon ang mababangis na kambing.
- 22 At magsisiungol ang mababangis na hayop ng mga pulo sa kanilang mapapanglaw na tahanan, at ang dragon sa kanilang maliligayang palasyo; at nalalapit na ang kanyang panahon, at hindi na pahahabain ang kanyang mga araw. Sapagkat madali ko siyang wawasakin; oo, sapagkat magiging maawain ako sa aking mga tao, subalit masasawi ang masasama.

Therefore, I will shake the heavens, and the earth shall remove out of her place, in the wrath of the Lord of Hosts, and in the day of his fierce anger.

And it shall be as the chased roe, and as a sheep that no man taketh up; and they shall every man turn to his own people, and flee every one into his own land.

Every one that is proud shall be thrust through; yea, and every one that is joined to the wicked shall fall by the sword.

Their children also shall be dashed to pieces before their eyes; their houses shall be spoiled and their wives ravished.

Behold, I will stir up the Medes against them, which shall not regard silver and gold, nor shall they delight in it.

Their bows shall also dash the young men to pieces; and they shall have no pity on the fruit of the womb; their eyes shall not spare children.

And Babylon, the glory of kingdoms, the beauty of the Chaldees' excellency, shall be as when God overthrew Sodom and Gomorrah.

It shall never be inhabited, neither shall it be dwelt in from generation to generation: neither shall the Arabian pitch tent there; neither shall the shepherds make their fold there.

But wild beasts of the desert shall lie there; and their houses shall be full of doleful creatures; and owls shall dwell there, and satyrs shall dance there.

And the wild beasts of the islands shall cry in their desolate houses, and dragons in their pleasant palaces; and her time is near to come, and her day shall not be prolonged. For I will destroy her speedily; yea, for I will be merciful unto my people, but the wicked shall perish.

## 2 Nephi 24

- 1 Sapagkat maaawa ang Panginoon kay Jacob, at pipiliin niyang muli ang Israel, at ilalagay sila sa kanilang sariling lupain; at makikisama sa kanila ang mga dayuhan, at pipisan sa sambahayan ni Jacob.
- 2 At kukunin sila ng mga tao at dadalhin sila sa kanilang lugar; oo, mula sa malayo hanggang sa mga dulo ng mundo; at babalik sila sa kanilang mga lupang pangako. At aangkinin sila ng sambahayan ni Israel, sa lupain ng Panginoon ay aariing mga tagapagsilbing babae at lalaki; at kanilang bibihagin sila na mga yaong bumihag sa kanila; at paghaharian nila yaong mga nagmalupit sa kanila.
- 3 At ito ay mangyayari na sa araw na yaon ay bibigyan ka ng Panginoon ng pahinga, mula sa iyong kalungkutan, at mula sa iyong takot, at mula sa mabigat na pagkaalipin kung saan ka pinaglingkod.
- 4 At ito ay mangyayari na sa araw na yaon, na gagamitin mo ang kasabihang ito laban sa hari ng Babilonia, at sasabihin: Paano natapos ang maniniil, nawala ang ginintuang lunsod!
- 5 Binali ng Panginoon ang tungkod ng masasama, ang setro ng mga pinuno.
- 6 Siya na humahampas sa mga tao nang walang tigil na paghataw, siya na namahala sa mga bansa sa galit, ay inusig, at walang humadlang.
- 7 Ang buong mundo ay namahinga, at tahimik; bigla silang nagsipag-awit.
- 8 Oo, nagalak ang mga puno ng sipres dahil sa iyo, at gayon din ang mga sedro ng Libano, nagsasabing: Mula nang ikaw ay mapahinga wala nang mamumutol na gumagalaw sa amin.
- 9 Ang impiyerno sa kailaliman ay nagsisikilos para sa iyo upang salubungin ka sa iyong pagdating; pinupukaw niya ang mga patay para sa iyo, maging lahat ng pinuno sa mundo; pinatitindig niya mula sa kanilang mga trono ang lahat ng hari ng mga bansa.
- 10 Lahat sila ay magsasalita at sasabihin sa iyo: Naging mahina ka rin bang tulad namin? Naging katulad ka ba namin?
- 11 Bumaba ang iyong kahambugan sa libingan; hindi narinig ang ingay ng iyong mga biola; nangangalat ang mga uod sa ilalim mo, at natatakpan ka ng mga uod.

## 2 Nephi 24

For the Lord will have mercy on Jacob, and will yet choose Israel, and set them in their own land; and the strangers shall be joined with them, and they shall cleave to the house of Jacob.

And the people shall take them and bring them to their place; yea, from far unto the ends of the earth; and they shall return to their lands of promise. And the house of Israel shall possess them, and the land of the Lord shall be for servants and handmaids; and they shall take them captives unto whom they were captives; and they shall rule over their oppressors.

And it shall come to pass in that day that the Lord shall give thee rest, from thy sorrow, and from thy fear, and from the hard bondage wherein thou wast made to serve.

And it shall come to pass in that day, that thou shalt take up this proverb against the king of Babylon, and say: How hath the oppressor ceased, the golden city ceased!

The Lord hath broken the staff of the wicked, the scepters of the rulers.

He who smote the people in wrath with a continual stroke, he that ruled the nations in anger, is persecuted, and none hindereth.

The whole earth is at rest, and is quiet; they break forth into singing.

Yea, the fir trees rejoice at thee, and also the cedars of Lebanon, saying: Since thou art laid down no feller is come up against us.

Hell from beneath is moved for thee to meet thee at thy coming; it stirreth up the dead for thee, even all the chief ones of the earth; it hath raised up from their thrones all the kings of the nations.

All they shall speak and say unto thee: Art thou also become weak as we? Art thou become like unto us?

Thy pomp is brought down to the grave; the noise of thy viols is not heard; the worm is spread under thee, and the worms cover thee.

12 Paano ka nahulog mula sa langit, O Lucifer, anak ng umaga! Ikaw na lumagpak sa lupa, na nagpahina sa mga bansa!

13 Sapagkat sinasabi mo sa iyong puso: Aakyat ako sa langit, itataas ko ang aking trono sa bundok ng mga bituin ng Diyos; uupo rin ako sa itaas ng kapulungan, sa mga kadulu-duluhan ng hilaga;

14 Aakyat ako sa ibabaw ng mga ulap; matutulad ako sa Kataas-taasan.

15 Gayon pa man ay ibinulid ka sa impiyerno, sa kalalim-laliman ng hukay.

16 Sila na nakakikita sa iyo ay matamang magmamasid sa iyo, at tititigan ka, at sasabihin: Ito ba ang lalaking nagpayanig sa mundo, na umuga sa mga kaharian?

17 At ginawang tulad ng ilang ang daigdig, at nagwasak sa mga lunsod niyon, at hindi binuksan ang bahay ng kanyang mga bilanggo?

18 Lahat ng hari ng mga bansa, oo, lahat sila, ay marangal na namamahinga, bawat isa sa kani-kanilang sariling tahanan.

19 Subalit itinapon kang malayo sa iyong libingan na tulad sa karumal-dumal na sanga, at ang labi ng mga yaong nasawi, na mga sinaksak ng espada, katulad ng bangkay na niyapak-yapakan ng mga paa kasama ng mga bumababa sa libingang bato.

20 Hindi mo makakasama sila sa libing, sapagkat winasak mo ang iyong lupain at pinatay mo ang iyong mga tao; ang mga binhi ng mga manggagawa ng kasamaan ay hindi kailanman kikilalanin.

21 Maghanda sa pagkakatay sa kanyang mga anak dahil sa kasamaan ng kanilang mga ama, upang hindi na sila magsibangon, ni angkinin ang lupain, ni punuin ng mga lunsod ang balat ng lupa.

22 Sapagkat babangon ako laban sa kanila, wika ng Panginoon ng mga Hukbo, at iwawaksi sa Babilonia ang pangalan, at labi, at anak na lalaki, at pamangkin na lalaki, wika ng Panginoon.

23 Gagawin ko ring pinaka-ari ng mga hayop na eriso, ang mga latian; at aking wawalisin ng pangwalis ng pagkawasak, wika ng Panginoon ng mga Hukbo.

How art thou fallen from heaven, O Lucifer, son of the morning! Art thou cut down to the ground, which did weaken the nations!

For thou hast said in thy heart: I will ascend into heaven, I will exalt my throne above the stars of God; I will sit also upon the mount of the congregation, in the sides of the north;

I will ascend above the heights of the clouds; I will be like the Most High.

Yet thou shalt be brought down to hell, to the sides of the pit.

They that see thee shall narrowly look upon thee, and shall consider thee, and shall say: Is this the man that made the earth to tremble, that did shake kingdoms?

And made the world as a wilderness, and destroyed the cities thereof, and opened not the house of his prisoners?

All the kings of the nations, yea, all of them, lie in glory, every one of them in his own house.

But thou art cast out of thy grave like an abominable branch, and the remnant of those that are slain, thrust through with a sword, that go down to the stones of the pit; as a carcass trodden under feet.

Thou shalt not be joined with them in burial, because thou hast destroyed thy land and slain thy people; the seed of evil-doers shall never be renowned.

Prepare slaughter for his children for the iniquities of their fathers, that they do not rise, nor possess the land, nor fill the face of the world with cities.

For I will rise up against them, saith the Lord of Hosts, and cut off from Babylon the name, and remnant, and son, and nephew, saith the Lord.

I will also make it a possession for the bittern, and pools of water; and I will sweep it with the besom of destruction, saith the Lord of Hosts.

24 Sumumpa ang Panginoon ng mga Hukbo, sinasabing: Tunay na kung ano ang aking inisip, ay gayon din ang mangyayari; at kung ano rin ang aking nilayon, ay matutupad—

25 Na dadalhin ko ang mga taga-Asiria sa aking lupain, at yayapakan ko siya sa ilalim ng mga paa sa aking mga bundok; pagkatapos aalisin sa kanila ang singkaw, at aalisin ang kanyang pasanang iniatang sa kanilang mga balikat.

26 Ito ang layuning nilayon sa buong mundo; at ito ang kamay na nakaunat sa lahat ng bansa.

27 Sapagkat ang Panginoon ng mga Hukbo ang naglayon, at sino ang magpapawalang-bisa niyaon? At nakaunat ang kanyang kamay, at sino ang makapagpapaurong nito?

28 Sa taong namatay ang haring Ahas ay iprinopesiya ito.

29 Huwag kang magalak, buong Palestina, sapagkat ang pamalo niya na humampas sa iyo ay nabali; sapagkat mula sa ugat ng ahas ay lalabas ang ulupong, at ang kanyang anak ay magiging nagliliyab na ahas na lumilipad.

30 At kakain ang panganay ng mga maralita, at mamamahinga ang mga nangangailangan sa kaligtasan; at papatayin ko ang iyong ugat sa pamamagitan ng taggutom, at papatayin niya ang iyong mga labi.

31 Magsiungol, O pinto; magsihyaw, O lunsod; ikaw, buong Palestina, manginig; sapagkat lalabas ang usok mula sa hilaga, at walang mag-iisa sa kanyang takdang panahon.

32 Ano ngayon ang isasagot sa mga sugo ng mga bansa? Na itinatag ng Panginoon ang Sion, at magtitiwala rito ang maralita ng kanyang mga tao.

The Lord of Hosts hath sworn, saying: Surely as I have thought, so shall it come to pass; and as I have purposed, so shall it stand—

That I will bring the Assyrian in my land, and upon my mountains tread him under foot; then shall his yoke depart from off them, and his burden depart from off their shoulders.

This is the purpose that is purposed upon the whole earth; and this is the hand that is stretched out upon all nations.

For the Lord of Hosts hath purposed, and who shall disannul? And his hand is stretched out, and who shall turn it back?

In the year that king Ahaz died was this burden.

Rejoice not thou, whole Palestina, because the rod of him that smote thee is broken; for out of the serpent's root shall come forth a cockatrice, and his fruit shall be a fiery flying serpent.

And the firstborn of the poor shall feed, and the needy shall lie down in safety; and I will kill thy root with famine, and he shall slay thy remnant.

Howl, O gate; cry, O city; thou, whole Palestina, art dissolved; for there shall come from the north a smoke, and none shall be alone in his appointed times.

What shall then answer the messengers of the nations? That the Lord hath founded Zion, and the poor of his people shall trust in it.

## 2 Nephi 25

- 1 Ngayon, ako, si Nephi, ay nagsasalita nang bahagya hinggil sa mga salitang aking isinulat, na namutawi sa bibig ni Isaias. Sapagkat masdan, nangusap si Isaias ng maraming bagay na mahirap maunawaan ng marami sa aking mga tao; sapagkat hindi nila nalalaman ang hinggil sa paraan ng pagpopropesiya sa mga Judio.
- 2 Sapagkat ako, si Nephi, ay hindi nagturo sa kanila ng maraming bagay hinggil sa pamamaraan ng mga Judio; sapagkat ang kanilang mga gawain ay gawain ng kadiliman, at ang kanilang mga gawi ay mga gawing karumal-dumal.
- 3 Dahil dito, sumusulat ako sa aking mga tao, sa lahat ng yaong makatatanggap ng mga bagay na ito na aking isinusulat, upang malaman nila ang paghuhukom ng Diyos, na sasapit sa lahat ng bansa, alinsunod sa salitang kanyang sinabi.
- 4 Dahil dito, makinig, O aking mga tao, na nabibilang sa sambahayan ni Israel, at pakinggan ang aking mga salita; sapagkat hindi malinaw sa inyo ang mga salita ni Isaias, gayon pa man malinaw ang mga yaon sa lahat ng yaong puspos ng diwa ng propesiya. Subalit magbibigay ako sa inyo ng isang propesiya, alinsunod sa espiritu na nasa akin; dahil dito magpopropesiya ako alinsunod sa kalinawan na nasa akin mula sa panahong ako ay lumisan sa Jerusalem na kasama ng aking ama; sapagkat masdan, ang aking kaluluwa ay nalulugod sa kalinawan para sa aking mga tao, upang matuto sila.
- 5 Oo, at ang aking kaluluwa ay nalulugod sa mga salita ni Isaias, sapagkat ako ay nagmula sa Jerusalem, at namasdan ng aking mga mata ang mga bagay ng mga Judio, at alam kong nauunawaan ng mga Judio ang mga ipinahayag ng mga propeta, at walang ibang taong makauunawa ng mga paghayag na sinabi sa mga Judio nang tulad nila, maliban kung sila ay naturuan alinsunod sa pamamaraan ng mga bagay ng mga Judio.

## 2 Nephi 25

Now I, Nephi, do speak somewhat concerning the words which I have written, which have been spoken by the mouth of Isaiah. For behold, Isaiah spake many things which were hard for many of my people to understand; for they know not concerning the manner of prophesying among the Jews.

For I, Nephi, have not taught them many things concerning the manner of the Jews; for their works were works of darkness, and their doings were doings of abominations.

Wherefore, I write unto my people, unto all those that shall receive hereafter these things which I write, that they may know the judgments of God, that they come upon all nations, according to the word which he hath spoken.

Wherefore, hearken, O my people, which are of the house of Israel, and give ear unto my words; for because the words of Isaiah are not plain unto you, nevertheless they are plain unto all those that are filled with the spirit of prophecy. But I give unto you a prophecy, according to the spirit which is in me; wherefore I shall prophesy according to the plainness which hath been with me from the time that I came out from Jerusalem with my father; for behold, my soul delighteth in plainness unto my people, that they may learn.

Yea, and my soul delighteth in the words of Isaiah, for I came out from Jerusalem, and mine eyes hath beheld the things of the Jews, and I know that the Jews do understand the things of the prophets, and there is none other people that understand the things which were spoken unto the Jews like unto them, save it be that they are taught after the manner of the things of the Jews.



6 Subalit masdan, ako, si Nephi, ay hindi nagturo sa aking mga anak hinggil sa mga pamamaraan ng mga Judio; subalit masdan, ako, sa aking sarili, ay nakapanirahan sa Jerusalem, dahil dito nalalaman ko ang hinggil sa mga lugar sa paligid; at nagawang banggitin ko sa aking mga anak ang hinggil sa mga kahatulan ng Diyos, na sasapit sa mga Judio, sa aking mga anak, alinsunod sa lahat ng sinabi ni Isaias, at hindi ko isinulat ang mga ito.

7 Subalit masdan, magpapatuloy ako sa aking sariling propesiya, alinsunod sa aking kalinawan; na kung saan ay nalalaman ko na walang sino man ang maaaring magkamali; gayon pa man, sa mga araw na matutupad ang mga propesiya ni Isaias ay malalaman ng mga tao nang may katiyakan, sa mga panahon na ang mga ito ay mangyayari.

8 Dahil dito, mahalaga ang mga yaon sa mga anak ng tao, at siya na nag-aakala nang taliwas dito, sa kanila na rin ako magsasalita, at iaangkop ang mga salita sa aking sariling mga tao; sapagkat nalalaman kong labis na mahalaga ang mga ito sa kanila sa mga huling araw; sapagkat sa araw na yaon ay mauunawaan nila ang mga yaon; dahil dito, para sa kanilang ikabubuti ay isinulat ko ang mga ito.

9 At tulad ng pagkalipol ng unang salinlahi ng mga Judio dahil sa kasamaan, gayon din sila nalipol sa bawat sali't salinlahi alinsunod sa kanilang kasamaan; at hindi kailanman nalipol ang sino man sa kanila maliban lamang na ito ay ibinadya sa kanila ng mga propeta ng Panginoon.

10 Dahil dito, nasabi ko sa kanila ang hinggil sa pagkawasak na sasapit sa kanila, pagkatapos na pagkatapos lisanin ng aking ama ang Jerusalem; gayon pa man, pinatigas nila ang kanilang mga puso; at alinsunod sa aking propesiya sila ay nalipol, maliban sa mga yaong nadalang bihag sa Babilonia.

11 At ngayon sinasabi ko ito dahil sa espiritu na nasa akin. At bagaman sila ay dinala palayo, sila ay muling magbabalik, at aangkinin ang lupain ng Jerusalem; dahil dito, maibabalik silang muli sa lupaing kanilang mana.

But behold, I, Nephi, have not taught my children after the manner of the Jews; but behold, I, of myself, have dwelt at Jerusalem, wherefore I know concerning the regions round about; and I have made mention unto my children concerning the judgments of God, which hath come to pass among the Jews, unto my children, according to all that which Isaiah hath spoken, and I do not write them.

But behold, I proceed with mine own prophecy, according to my plainness; in the which I know that no man can err; nevertheless, in the days that the prophecies of Isaiah shall be fulfilled men shall know of a surety, at the times when they shall come to pass.

Wherefore, they are of worth unto the children of men, and he that supposeth that they are not, unto them will I speak particularly, and confine the words unto mine own people; for I know that they shall be of great worth unto them in the last days; for in that day shall they understand them; wherefore, for their good have I written them.

And as one generation hath been destroyed among the Jews because of iniquity, even so have they been destroyed from generation to generation according to their iniquities; and never hath any of them been destroyed save it were foretold them by the prophets of the Lord.

Wherefore, it hath been told them concerning the destruction which should come upon them, immediately after my father left Jerusalem; nevertheless, they hardened their hearts; and according to my prophecy they have been destroyed, save it be those which are carried away captive into Babylon.

And now this I speak because of the spirit which is in me. And notwithstanding they have been carried away they shall return again, and possess the land of Jerusalem; wherefore, they shall be restored again to the land of their inheritance.

- 12 Subalit masdan, magkakaroon sila ng mga digmaan, at alingawngaw ng mga digmaan; at kapag dumating ang araw na ang Bugtong na Anak ng Ama, oo, maging ang Ama ng langit at ng lupa, ay magpapakita ng kanyang sarili sa kanila sa laman, masdan, kanilang itatakwil siya, dahil sa kanilang mga kasamaan, at sa katigasan ng kanilang mga puso, at sa katigasan ng kanilang mga leeg.
- 13 Masdan, kanilang ipapako siya sa krus; at matapos siyang ilagay sa libingan sa loob ng tatlong araw ay babangon siya mula sa patay, na may pagpapagaling sa kanyang mga bagwis; at ang lahat ng yaong maniniwala sa kanyang pangalan ay maliligtas sa kaharian ng Diyos. Dahil dito, ang aking kaluluwa ay nalulugod na magpropesiya hinggil sa kanya, sapagkat nakita ko ang kanyang panahon, at ipinagmamalaki ng aking puso ang kanyang banal na pangalan.
- 14 At masdan ito ay mangyayari na matapos bumangon mula sa patay ang Mesiyas, at ipakita ang kanyang sarili sa kanyang mga tao, sa kasindami ng lahat ng maniniwala sa kanyang pangalan, masdan, wawasaking muli ang Jerusalem; sapagkat sa abanila na kumakalaban sa Diyos at sa mga tao ng kanyang simbahan.
- 15 Dahil dito, ang mga Judio ay ikakalat sa lahat ng bansa; oo, at wawasakin din ang Babilonia; dahil dito, ang mga Judio ay ikakalat ng mga ibang bansa.
- 16 At matapos silang ikalat, at matapos silang pahirapan ng Panginoong Diyos sa pamamagitan ng mga ibang bansa sa loob ng maraming salinlahi, oo, maging sa bawat sali't salinlahi hanggang sa sila ay mahikayat na maniwala kay Cristo, ang Anak ng Diyos, at sa pagbabayad-sala, na walang hanggan para sa buong sangkatauhan—at kapag dumating ang araw na yaon na maniniwala sila kay Cristo, at sasambahin ang Ama sa kanyang pangalan, nang may pusong dalisay at malilinis na kamay, at hindi na maghihintay pa ng ibang Mesiyas, doon, sa oras na yaon, darating ang araw na talagang kinakailangang maniwala sila sa mga bagay na ito.

But, behold, they shall have wars, and rumors of wars; and when the day cometh that the Only Begotten of the Father, yea, even the Father of heaven and of earth, shall manifest himself unto them in the flesh, behold, they will reject him, because of their iniquities, and the hardness of their hearts, and the stiffness of their necks.

Behold, they will crucify him; and after he is laid in a sepulchre for the space of three days he shall rise from the dead, with healing in his wings; and all those who shall believe on his name shall be saved in the kingdom of God. Wherefore, my soul delighteth to prophesy concerning him, for I have seen his day, and my heart doth magnify his holy name.

And behold it shall come to pass that after the Messiah hath risen from the dead, and hath manifested himself unto his people, unto as many as will believe on his name, behold, Jerusalem shall be destroyed again; for wo unto them that fight against God and the people of his church.

Wherefore, the Jews shall be scattered among all nations; yea, and also Babylon shall be destroyed; wherefore, the Jews shall be scattered by other nations.

And after they have been scattered, and the Lord God hath scourged them by other nations for the space of many generations, yea, even down from generation to generation until they shall be persuaded to believe in Christ, the Son of God, and the atonement, which is infinite for all mankind—and when that day shall come that they shall believe in Christ, and worship the Father in his name, with pure hearts and clean hands, and look not forward any more for another Messiah, then, at that time, the day will come that it must needs be expedient that they should believe these things.

- 17 At muling iuunat ng Panginoon ang kanyang kamay sa ikalawang pagkakataon upang ibalik ang kanyang mga tao mula sa kanilang ligaw at nahulog na kalagayan. Dahil dito, magpapatuloy siyang gumawa ng isang kagila-gilalas at kamanghamanghang gawain sa mga anak ng tao.
- 18 Dahil dito, isisiwalat niya ang kanyang mga salita sa kanila, mga salita na siyang hahatol sa kanila sa huling araw, sapagkat ibibigay ang mga yaon sa kanila sa layuning hikayatin sila sa tunay na Mesiyas, na itinakwil nila; at sa paghihikayat sa kanila na hindi na kinakailangang sila ay maghintay pa sa pagparito ng isang Mesiyas, sapagkat wala nang darating pa, maliban sa isang huwad na Mesiyas na manlilinlang sa mga tao; sapagkat iisa lamang ang Mesiyas na tinutukoy ng mga propeta, at ang Mesiyas na yaon ang siyang itatakwil ng mga Judio.
- 19 Sapagkat ayon sa mga salita ng mga propeta, paparito ang Mesiyas sa loob ng anim na raang taon mula sa panahong nilisan ng aking ama ang Jerusalem; at ayon sa mga salita ng mga propeta, at gayon din sa salita ng anghel ng Diyos, ang kanyang magiging pangalan ay Jesucristo, ang Anak ng Diyos.
- 20 At ngayon, aking mga kapatid, nagsasalita ako nang malinaw upang hindi kayo magkamali. At yamang buhay ang Panginoong Diyos na naglabas sa Israel mula sa lupain ng Egipto, at nagbigay ng kapangyarihan kay Moises upang mapagaling niya ang mga tao matapos silang matuklaw ng mga makamandag na ahas, kung kanilang ibabaling ang mga paningin sa ahas na itinaas niya sa kanilang harapan, at nagbigay rin ng kapangyarihan sa kanya na hampasin ang malaking bato at bumugso ang tubig; oo, masdan, sinasabi ko sa inyo, na yamang totoo ang mga bagay na ito, at yamang buhay ang Panginoong Diyos, wala nang ibang pangalang ibinigay sa ilalim ng langit maliban dito kay Jesucristo, na aking sinabi, na makaliligtas sa tao.
- 21 Dahil dito, sa kadahilanang ito ay ipinangako sa akin ng Panginoong Diyos na ang mga bagay na ito na aking isinusulat ay itatago at iingat, at ipapaspasa sa aking mga binhi, sa bawat sali't salinlahi, upang matupad ang pangako kay Jose, na ang kanyang mga binhi ay hindi masasawi habang nakatindig ang mundo.

And the Lord will set his hand again the second time to restore his people from their lost and fallen state. Wherefore, he will proceed to do a marvelous work and a wonder among the children of men.

Wherefore, he shall bring forth his words unto them, which words shall judge them at the last day, for they shall be given them for the purpose of convincing them of the true Messiah, who was rejected by them; and unto the convincing of them that they need not look forward any more for a Messiah to come, for there should not any come, save it should be a false Messiah which should deceive the people; for there is save one Messiah spoken of by the prophets, and that Messiah is he who should be rejected of the Jews.

For according to the words of the prophets, the Messiah cometh in six hundred years from the time that my father left Jerusalem; and according to the words of the prophets, and also the word of the angel of God, his name shall be Jesus Christ, the Son of God.

And now, my brethren, I have spoken plainly that ye cannot err. And as the Lord God liveth that brought Israel up out of the land of Egypt, and gave unto Moses power that he should heal the nations after they had been bitten by the poisonous serpents, if they would cast their eyes unto the serpent which he did raise up before them, and also gave him power that he should smite the rock and the water should come forth; yea, behold I say unto you, that as these things are true, and as the Lord God liveth, there is none other name given under heaven save it be this Jesus Christ, of which I have spoken, whereby man can be saved.

Wherefore, for this cause hath the Lord God promised unto me that these things which I write shall be kept and preserved, and handed down unto my seed, from generation to generation, that the promise may be fulfilled unto Joseph, that his seed should never perish as long as the earth should stand.

- 22 Dahil dito, ang mga bagay na ito ay makararating sa bawat sali't salinlahi habang nakatindig ang mundo; at ang mga ito ay makararating alinsunod sa kalooban at kasiyahan ng Diyos; at ang mga bansang magmamay-ari ng mga yaon ay hahatulan niyon alinsunod sa mga salitang nasusulat.
- 23 Sapagkat masigasig kaming gumagawa upang makasulat, upang hikayatin ang ating mga anak, at ang atin ding mga kapatid, na maniwala kay Cristo, at makipagkasundo sa Diyos; sapagkat nalalaman naming naligtas tayo sa pamamagitan ng biyaya, sa kabila ng lahat ng ating magagawa.
- 24 At, bagaman naniniwala tayo kay Cristo, ay sinusunod natin ang mga batas ni Moises, at matatag na umaasa kay Cristo, hanggang sa matupad ang mga batas.
- 25 Sapagkat, sa layuning ito ibinigay ang mga batas; dahil dito nawalang-saysay ang mga batas sa atin, at buhay tayo kay Cristo dahil sa ating pananampalataya; gayon man sinusunod natin ang mga batas dahil sa mga kautusan.
- 26 At nangungusap tayo tungkol kay Cristo, nagagalak tayo kay Cristo, nangangaral tayo tungkol kay Cristo, nagpopropesiya tayo tungkol kay Cristo, at sumusulat tayo alinsunod sa ating mga propesiya, upang malaman ng ating mga anak kung kanino sila aasa para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.
- 27 Dahil dito, nangungusap kami hinggil sa mga batas upang malaman ng aming mga anak ang pagkawalang-kabuluhan ng mga batas; at sila, sa pamamagitan ng pagkaalam ng pagkawalang-kabuluhan ng mga batas, ay makaaasa sa buhay na yaong na kay Cristo, at malalaman ang layunin kung bakit ibinigay ang mga batas. At matapos matupad ang mga batas kay Cristo, na hindi nila kinakailangang patigas pa ang kanilang mga puso laban sa kanya kapag kinakailangan nang palitan ang mga batas.

Wherefore, these things shall go from generation to generation as long as the earth shall stand; and they shall go according to the will and pleasure of God; and the nations who shall possess them shall be judged of them according to the words which are written.

For we labor diligently to write, to persuade our children, and also our brethren, to believe in Christ, and to be reconciled to God; for we know that it is by grace that we are saved, after all we can do.

And, notwithstanding we believe in Christ, we keep the law of Moses, and look forward with steadfastness unto Christ, until the law shall be fulfilled.

For, for this end was the law given; wherefore the law hath become dead unto us, and we are made alive in Christ because of our faith; yet we keep the law because of the commandments.

And we talk of Christ, we rejoice in Christ, we preach of Christ, we prophesy of Christ, and we write according to our prophecies, that our children may know to what source they may look for a remission of their sins.

Wherefore, we speak concerning the law that our children may know the deadness of the law; and they, by knowing the deadness of the law, may look forward unto that life which is in Christ, and know for what end the law was given. And after the law is fulfilled in Christ, that they need not harden their hearts against him when the law ought to be done away.

28 At ngayon masdan, aking mga tao, kayo ay mga taong matitigas ang leeg; dahil dito, nagsalita ako nang malinaw sa inyo, upang hindi kayo magkamali ng pang-unawa. At ang mga salitang aking sinabi ay tatayong saksi laban sa inyo; sapagkat sapat na ang mga yaon upang turuan ang sino mang tao sa tamang landas; sapagkat ang tamang landas ay maniwala kay Cristo at huwag siyang itatwa; sapagkat sa pagtatatwa sa kanya ay inyo ring itinatatwa ang mga propeta at ang mga batas.

29 At ngayon masdan, sinasabi ko sa inyo na ang tamang landas ay maniwala kay Cristo, at hindi siya itatwa; at si Cristo ang Banal ng Israel; dahil dito kinakailangan kayong lumuhod sa kanyang harapan, at sambahin siya nang buo ninyong kakayahan, pag-iisip at lakas, at nang buo ninyong kaluluwa; at kung gagawin ninyo ito ay hindi mangyayaring kayo ay itataboy.

30 At yayaman din lamang na ito ay kinakailangan, dapat ninyong sundin ang mga gawain at ordenansa ng Diyos hanggang sa matupad ang mga batas na ibinigay kay Moises.

And now behold, my people, ye are a stiffnecked people; wherefore, I have spoken plainly unto you, that ye cannot misunderstand. And the words which I have spoken shall stand as a testimony against you; for they are sufficient to teach any man the right way; for the right way is to believe in Christ and deny him not; for by denying him ye also deny the prophets and the law.

And now behold, I say unto you that the right way is to believe in Christ, and deny him not; and Christ is the Holy One of Israel; wherefore ye must bow down before him, and worship him with all your might, mind, and strength, and your whole soul; and if ye do this ye shall in nowise be cast out.

And, inasmuch as it shall be expedient, ye must keep the performances and ordinances of God until the law shall be fulfilled which was given unto Moses.

## 2 Nephi 26

- 1 At matapos na bumangon mula sa patay si Cristo ay ipakikita niya ang sarili sa inyo, aking mga anak, at aking mga minamahal na kapatid; at ang mga salitang sasabihin niya sa inyo ay magiging batas na inyong gagawin.
- 2 Sapagkat masdan, sinasabi ko sa inyo na namasdan kong lilipas ang maraming salinlahi, at magkakaroon ng malalaking digmaan at alitan sa aking mga tao.
- 3 At matapos pumarito ang Mesiyas ay may ibibigay na mga palatandaan sa aking mga tao hinggil sa kanyang pagsilang, at gayon din ng kanyang kamatayan at pagkabuhay na mag-uli; at magiging dakila at kakila-kilabot ang araw na yaon sa masasama, sapagkat masasawi sila; at masasawi sila sapagkat ipinagtabuyan nila ang mga propeta, at ang mga banal, at binato nila, at pinatay sila; dahil dito, ang pagsusumamo ng dugo ng mga banal ay makararating sa Diyos mula sa lupa laban sa kanila.
- 4 Dahil dito, lahat ng yaong palalo, at gumagawa ng kasamaan, sa araw na darating ay susunugin sila, wika ng Panginoon ng mga Hukbo, sapagkat matutulad sila sa pinaggapasan.
- 5 At sila na pumatay sa mga propeta, at sa mga banal, sila ay lulunukin ng kailaliman ng mundo, wika ng Panginoon ng mga Hukbo; at tatakpan sila ng mga bundok, at tatangayin silang palayo ng buhawi, at mababagsakan sila ng mga gusali at dudurugin sila nang pira-piraso at gigilingin sila hanggang maging pulbos.
- 6 At sila ay parurusahan ng mga pagkulong, at pagkidlat, at paglindol, at lahat ng uri ng pagkawasak, sapagkat ang apoy ng galit ng Panginoon ay mag-aalab laban sa kanila, at magiging tulad sila ng pinaggapasan, at ang araw na darating ay tutupok sa kanila, wika ng Panginoon ng mga Hukbo.
- 7 O ang pasakit, at ang pagdadalamhati ng aking kaluluwa dahil sa pagkalipol ng aking mga taong napatay! Sapagkat ako, si Nephi, ay nakita ito, at halos matunaw ako sa harapan ng Panginoon; subalit kailangan kong magpahayag sa aking Diyos: Makatarungan ang inyong pamamaraan.

## 2 Nephi 26

And after Christ shall have risen from the dead he shall show himself unto you, my children, and my beloved brethren; and the words which he shall speak unto you shall be the law which ye shall do.

For behold, I say unto you that I have beheld that many generations shall pass away, and there shall be great wars and contentions among my people.

And after the Messiah shall come there shall be signs given unto my people of his birth, and also of his death and resurrection; and great and terrible shall that day be unto the wicked, for they shall perish; and they perish because they cast out the prophets, and the saints, and stone them, and slay them; wherefore the cry of the blood of the saints shall ascend up to God from the ground against them.

Wherefore, all those who are proud, and that do wickedly, the day that cometh shall burn them up, saith the Lord of Hosts, for they shall be as stubble.

And they that kill the prophets, and the saints, the depths of the earth shall swallow them up, saith the Lord of Hosts; and mountains shall cover them, and whirlwinds shall carry them away, and buildings shall fall upon them and crush them to pieces and grind them to powder.

And they shall be visited with thunderings, and lightnings, and earthquakes, and all manner of destructions, for the fire of the anger of the Lord shall be kindled against them, and they shall be as stubble, and the day that cometh shall consume them, saith the Lord of Hosts.

O the pain, and the anguish of my soul for the loss of the slain of my people! For I, Nephi, have seen it, and it well nigh consumeth me before the presence of the Lord; but I must cry unto my God: Thy ways are just.

- 8 Subalit masdan, ang mabubuti na makikinig sa mga salita ng mga propeta, at hindi sila lilipulin, bagkus ay umaasa kay Cristo nang may katatagan para sa mga palatandaang ibinigay, sa kabila ng lahat ng pag-uusig—masdan, sila ang mga yaong hindi masasawi.
- 9 Subalit ang Anak ng Kabutihan ay magpapakita sa kanila; at kanyang pagagalingin sila, at magkakaroon sila ng kapayapaan sa kanya, hanggang sa lumipas ang tatlong salinlahi, at marami sa ikaapat na salinlahi ang papanaw sa kabutihan.
- 10 At kapag lumipas na ang mga bagay na ito ay isang mabilis na pagkalipol ang sasapit sa aking mga tao; sapagkat sa kabila ng mga pasakit ng aking kaluluwa, ay nakita ko ito; dahil dito, nalalaman ko na ito ay mangyayari; at ipinagbili nila ang kanilang sarili sa walang kabuluhan; sapagkat, bilang gantimpala sa kanilang kapalaluan at kanilang kahangalan sila ay aani ng pagkalipol; sapagkat nagpadaig sila sa diyablo at pinili ang mga gawain ng kadiliman kaysa liwanag, samakatwid tiyak na bababa sila sa impiyerno.
- 11 Sapagkat hindi tuwinang nananatili sa tao ang Espiritu ng Panginoon. At kapag wala na ang Espiritu ng Panginoon sa tao ay sasapit ang mabilis na pagkalipol, at ito ang ipinagdaramdam ng aking kaluluwa.
- 12 At tulad ng aking sinabi hinggil sa pagpapaniwala ng mga Judio, na si Jesus ang tunay na Cristo, talagang kinakailangang mapaniwala rin ang mga Gentil na si Jesus ang Cristo, ang Diyos na Walang Hanggan.
- 13 At ipinakikilala ang kanyang sarili sa lahat ng yaong naniniwala sa kanya, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo; oo, sa bawat bansa, lahi, wika, at tao, gumagawa ng mga makapangyarihang himala, palatandaan, at kababalaghan, sa mga anak ng tao alinsunod sa kanilang pananampalataya.
- 14 Subalit masdan, magpopropesiya ako sa inyo hinggil sa mga huling araw; hinggil sa mga araw na isisiwalat ng Panginoong Diyos ang mga bagay na ito sa mga anak ng tao.

But behold, the righteous that hearken unto the words of the prophets, and destroy them not, but look forward unto Christ with steadfastness for the signs which are given, notwithstanding all persecution—behold, they are they which shall not perish.

But the Son of Righteousness shall appear unto them; and he shall heal them, and they shall have peace with him, until three generations shall have passed away, and many of the fourth generation shall have passed away in righteousness.

And when these things have passed away a speedy destruction cometh unto my people; for, notwithstanding the pains of my soul, I have seen it; wherefore, I know that it shall come to pass; and they sell themselves for naught; for, for the reward of their pride and their foolishness they shall reap destruction; for because they yield unto the devil and choose works of darkness rather than light, therefore they must go down to hell.

For the Spirit of the Lord will not always strive with man. And when the Spirit ceaseth to strive with man then cometh speedy destruction, and this grieveth my soul.

And as I spake concerning the convincing of the Jews, that Jesus is the very Christ, it must needs be that the Gentiles be convinced also that Jesus is the Christ, the Eternal God;

And that he manifesteth himself unto all those who believe in him, by the power of the Holy Ghost; yea, unto every nation, kindred, tongue, and people, working mighty miracles, signs, and wonders, among the children of men according to their faith.

But behold, I prophesy unto you concerning the last days; concerning the days when the Lord God shall bring these things forth unto the children of men.

15 Matapos na ang aking mga binhi at ang mga binhi ng aking mga kapatid ay manghina sa kawalang-paniniwala, at mabagabag ng mga Gentil; oo, matapos humimpil ang Panginoong Diyos laban sa kanila sa palibot, at makubkob sila, at magtayo ng mga kuta laban sa kanila; at matapos ibaba sila sa alabok, hanggang sa sila ay malipol, gayon pa man ang mga salita ng mabubuti ay masusulat, at maririnig ang mga panalangin ng matatapat, at ang lahat ng yaong nanghina sa kawalang-paniniwala ay hindi malilimutan.

16 Sapagkat ang mga yaong malilipol ay magsasalita sa kanila mula sa lupa, at ang kanilang pananalita ay manggagaling sa alabok, at ang kanilang tinig ay tulad sa yaong kilalang diwa; sapagkat ang Panginoong Diyos ay magbibigay sa kanya ng kapangyarihan upang makabulong siya hinggil sa kanila; maging sa ito ay mula pa sa lupa; at ang kanilang pananalita ay bubulong mula sa alabok.

17 Sapagkat ganito ang wika ng Panginoong Diyos: Isusulat nila ang mga bagay na ginawa sa kanila, at masusulat ang mga ito at tatatakan sa isang aklat, at ang mga yaon ay hindi mapapasakamay ng mga yaong nanghina sa kawalang-paniniwala, sapagkat hinahangad nilang wasakin ang mga bagay ng Diyos.

18 Dahil dito, yayamang ang mga yaong nalipol ay mabilis na nalipol; at ang maraming tao ng kanilang mga kilabot ay matutulad sa ipang inilipad ng hangin—oo, ganito ang wika ng Panginoong Diyos: Ito ay magiging biglaan, madalian—

19 At ito ay mangyayari na ang mga yaong nanghina sa kawalang-paniniwala ay babagabagin sa pamamagitan ng kamay ng mga Gentil.

20 At ang mga Gentil ay maaangat sa kapalaluan ng kanilang mga mata, at mangatitisor, dahil sa kalakihan ng kanilang batong kinatitisoran, kung kaya't nagtayo sila ng maraming simbahan; gayon pa man, itinatangi nila ang kapangyarihan at ang mga himala ng Diyos, at ipinangangaral sa kanilang sarili ang sarili nilang karunungan at kaalaman, upang makakuha sila ng yaman at hamakin ang mga maralita.

21 At maraming simbahan ang itinayo na pinagmumulan ng inggitan, at sigalutan, at masasamang hangarin.

After my seed and the seed of my brethren shall have dwindled in unbelief, and shall have been smitten by the Gentiles; yea, after the Lord God shall have camped against them round about, and shall have laid siege against them with a mount, and raised forts against them; and after they shall have been brought down low in the dust, even that they are not, yet the words of the righteous shall be written, and the prayers of the faithful shall be heard, and all those who have dwindled in unbelief shall not be forgotten.

For those who shall be destroyed shall speak unto them out of the ground, and their speech shall be low out of the dust, and their voice shall be as one that hath a familiar spirit; for the Lord God will give unto him power, that he may whisper concerning them, even as it were out of the ground; and their speech shall whisper out of the dust.

For thus saith the Lord God: They shall write the things which shall be done among them, and they shall be written and sealed up in a book, and those who have dwindled in unbelief shall not have them, for they seek to destroy the things of God.

Wherefore, as those who have been destroyed have been destroyed speedily; and the multitude of their terrible ones shall be as chaff that passeth away—yea, thus saith the Lord God: It shall be at an instant, suddenly—

And it shall come to pass, that those who have dwindled in unbelief shall be smitten by the hand of the Gentiles.

And the Gentiles are lifted up in the pride of their eyes, and have stumbled, because of the greatness of their stumbling block, that they have built up many churches; nevertheless, they put down the power and miracles of God, and preach up unto themselves their own wisdom and their own learning, that they may get gain and grind upon the face of the poor.

And there are many churches built up which cause envyings, and strifes, and malice.



- 22 At may mga lihim ding pagsasabwatan, maging tulad noong sinaunang panahon, alinsunod sa pagsasabwatan ng diyablo, sapagkat siya ang nagtatag ng lahat ng bagay na ito; oo, ang nagpasimula ng pagpaslang, at mga gawain ng kadiliman; oo, at kanya silang hinihila sa kanilang leeg sa pamamagitan ng de-ilong lubid, hanggang sa maigapos niya sila ng kanyang matitibay na lubid magpakailanman.
- 23 Sapagkat masdan, mga minamahal kong kapatid, sinasabi ko sa inyo na ang Panginoong Diyos ay hindi gumagawa sa kadiliman.
- 24 Hindi siya gumagawa ng anumang bagay maliban na lamang kung para sa kapakanan ng sanlibutan; sapagkat mahal niya ang sanlibutan, maging ang kanyang sariling buhay ay inialay niya upang mapalapit ang lahat ng tao sa kanya. Dahil dito, wala siyang inuutusan na hindi sila makababahagi ng kanyang kaligtasan.
- 25 Masdan, sumisigaw ba siya sa sino man, sinasabing: Lumayo sa akin? Masdan, sinasabi ko sa inyo, Hindi; kundi sinasabi niya: Magsilapit sa akin lahat kayong nasa mga dulo ng mundo, bumili ng gatas at pulot, nang walang salapi at walang bayad.
- 26 Masdan, nag-utos ba siya sa sino man na lumabas sa sinagoga, o lumabas sa mga bahay-sambahan? Masdan, sinasabi ko sa inyo, Hindi.
- 27 Nag-utos ba siya sa sino man na hindi sila makababahagi ng kanyang kaligtasan? Masdan, sinasabi ko sa inyo, Hindi; kundi malaya niya itong ibinibigay sa lahat ng tao; at inutusan niya ang kanyang mga tao na nararapat nilang hikayatin ang lahat ng tao na magsisi.
- 28 Masdan, nag-utos ba ang Panginoon sa sino man na hindi sila makababahagi ng kanyang kabutihan? Masdan, sinasabi ko sa inyo, Hindi; kundi lahat ng tao ay may pribilehiyo, ang isa tulad ng iba, at walang pinagbabawalan.
- 29 Ipinag-utos niyang hindi dapat magkaroon ng huwad na pagkasaserdote; sapagkat masdan, ang huwad na pagkasaserdote ay upang mangaral ang mga tao at itayo ang kanilang sarili bilang tanglaw ng sanlibutan, upang makakuha sila ng yaman at papuri ng sanlibutan; subalit hindi nila hinahangad ang kapakanan ng Sion.

And there are also secret combinations, even as in times of old, according to the combinations of the devil, for he is the founder of all these things; yea, the founder of murder, and works of darkness; yea, and he leadeth them by the neck with a flaxen cord, until he bindeth them with his strong cords forever.

For behold, my beloved brethren, I say unto you that the Lord God worketh not in darkness.

He doeth not anything save it be for the benefit of the world; for he loveth the world, even that he layeth down his own life that he may draw all men unto him. Wherefore, he commandeth none that they shall not partake of his salvation.

Behold, doth he cry unto any, saying: Depart from me? Behold, I say unto you, Nay; but he saith: Come unto me all ye ends of the earth, buy milk and honey, without money and without price.

Behold, hath he commanded any that they should depart out of the synagogues, or out of the houses of worship? Behold, I say unto you, Nay.

Hath he commanded any that they should not partake of his salvation? Behold I say unto you, Nay; but he hath given it free for all men; and he hath commanded his people that they should persuade all men to repentance.

Behold, hath the Lord commanded any that they should not partake of his goodness? Behold I say unto you, Nay; but all men are privileged the one like unto the other, and none are forbidden.

He commandeth that there shall be no priestcrafts; for, behold, priestcrafts are that men preach and set themselves up for a light unto the world, that they may get gain and praise of the world; but they seek not the welfare of Zion.

30 Masdan, ipinagbabawal ng Panginoon ang bagay na ito; dahil dito, ang Panginoong Diyos ay nagbigay ng isang kautusan na dapat magkaroon ng pag-ibig sa kapwa ang lahat ng tao, kung aling pag-ibig sa kapwa-tao ay pagmamahal. At kung wala silang pag-ibig sa kapwa-tao sila ay walang silbi. Dahil dito, kung mayroon silang pag-ibig sa kapwa-tao ay hindi nila pahihintulutang masawi ang manggagawa sa Sion.

31 Subalit ang manggagawa sa Sion ay gagawa para sa Sion; sapagkat kung gagawa sila para sa salapi, sila ay masasawi.

32 At muli, ipinag-uutos ng Panginoong Diyos na hindi dapat pumaslang ang mga tao; na hindi sila dapat magsinungaling; na hindi sila dapat magnakaw; na hindi nila dapat gamitin ang pangalan ng Panginoon nilang Diyos sa walang kabuluhan; na hindi sila dapat mainggit; na hindi sila dapat maghangad ng masama sa kapwa; na hindi sila dapat makipagtalo sa isa't isa; na hindi sila dapat gumawa ng pagpapatutot; at hindi nila dapat gawin ang alinman sa mga bagay na ito; sapagkat ang sino mang gagawa ng mga yaon ay masasawi.

33 Sapagkat wala sa mga kasamaang ito ang nanggagaling sa Panginoon; sapagkat ginagawa niya ang yaong makabubuti sa mga anak ng tao; at wala siyang ginagawa maliban sa ito ay madaling maunawaan ng mga anak ng tao; at inaanyayahan niya silang lahat na lumapit sa kanya at makibahagi sa kanyang kabutihan; at wala siyang tinatanggihan sa mga lumalapit sa kanya; maitim at maputi, alipin at malaya, lalaki at babae; at naaalaala niya ang mga di binyagan; at pantay-pantay ang lahat sa Diyos, kapwa Judio at Gentil.

Behold, the Lord hath forbidden this thing; wherefore, the Lord God hath given a commandment that all men should have charity, which charity is love. And except they should have charity they were nothing. Wherefore, if they should have charity they would not suffer the laborer in Zion to perish.

But the laborer in Zion shall labor for Zion; for if they labor for money they shall perish.

And again, the Lord God hath commanded that men should not murder; that they should not lie; that they should not steal; that they should not take the name of the Lord their God in vain; that they should not envy; that they should not have malice; that they should not contend one with another; that they should not commit whoredoms; and that they should do none of these things; for whoso doeth them shall perish.

For none of these iniquities come of the Lord; for he doeth that which is good among the children of men; and he doeth nothing save it be plain unto the children of men; and he inviteth them all to come unto him and partake of his goodness; and he denieth none that come unto him, black and white, bond and free, male and female; and he remembereth the heathen; and all are alike unto God, both Jew and Gentile.

## 2 Nephi 27

- 1 Subalit masdan, sa mga huling araw, o sa mga araw ng mga Gentil—oo, masdan, lahat ng bansa ng mga Gentil at gayon din ng mga Judio, kapwa yaong mga darating sa lupaing ito at yaong mga nasa mga ibang lupain, oo, maging sa lahat ng lupain sa mundo, masdan, malalango sila sa kasamaan at lahat ng uri ng karumal-dumal na gawain—
- 2 At kapag dumating ang araw na yaon, parurusahan sila ng Panginoon ng mga Hukbo, sa pamamagitan ng mga kulog at lindol, at ng labis na kaingayan, at ng unos, at ng bagyo, at sa pamamagitan ng alab ng nagniningas na apoy.
- 3 At lahat ng bansang kumakalaban sa Sion, at yaong bumabagabag sa kanya, ay matutulad sa isang panaginip ng isang pangitain sa gabi; oo, magiging gayon ito sa kanila, maging tulad ng isang taong nagugutom na nananaginip, at masdan kumakain siya subalit siya ay nagising at walang laman ang kanyang kaluluwa; o tulad ng isang taong nauuhaw na nananaginip, at masdan umiinom siya subalit siya ay nagising at masdan nahihilo siya, at gustong kumain ng kanyang kaluluwa; oo, gayon din ang mangyayari sa maraming tao ng lahat ng bansang kumakalaban sa Bundok ng Sion.
- 4 Sapagkat masdan, lahat kayong gumagawa ng kasamaan, magsitigil kayo at manggilalas, sapagkat kayo ay magsisigawan, at mananangis; oo, malalango kayo subalit hindi sa alak, gigiray-giray kayo subalit hindi sa matapang na inumin.
- 5 Sapagkat masdan, ibinuhos ng Panginoon sa inyo ang diwa ng mahimbing na pagkakatulog. Sapagkat masdan, ipinikit ninyo ang inyong mga mata, at itinakwil ninyo ang mga propeta; at ang inyong mga tagapamahala, at ang mga tagakita ay kanyang itinago dahil sa inyong kasamaan.
- 6 At ito ay mangyayari na isisiwalat sa inyo ng Panginoong Diyos ang mga salita ng isang aklat, at ang mga ito ang mga salita ng mga yaong nagsitulog.
- 7 At masdan, ang aklat ay tatatakan; at ang nasusulat sa aklat ay magiging paghahayag mula sa Diyos, mula sa simula ng daigdig hanggang sa katapusan niyon.

## 2 Nephi 27

But, behold, in the last days, or in the days of the Gentiles—yea, behold all the nations of the Gentiles and also the Jews, both those who shall come upon this land and those who shall be upon other lands, yea, even upon all the lands of the earth, behold, they will be drunken with iniquity and all manner of abominations—

And when that day shall come they shall be visited of the Lord of Hosts, with thunder and with earthquake, and with a great noise, and with storm, and with tempest, and with the flame of devouring fire.

And all the nations that fight against Zion, and that distress her, shall be as a dream of a night vision; yea, it shall be unto them, even as unto a hungry man which dreameth, and behold he eateth but he awaketh and his soul is empty; or like unto a thirsty man which dreameth, and behold he drinketh but he awaketh and behold he is faint, and his soul hath appetite; yea, even so shall the multitude of all the nations be that fight against Mount Zion.

For behold, all ye that doeth iniquity, stay yourselves and wonder, for ye shall cry out, and cry; yea, ye shall be drunken but not with wine, ye shall stagger but not with strong drink.

For behold, the Lord hath poured out upon you the spirit of deep sleep. For behold, ye have closed your eyes, and ye have rejected the prophets; and your rulers, and the seers hath he covered because of your iniquity.

And it shall come to pass that the Lord God shall bring forth unto you the words of a book, and they shall be the words of them which have slumbered.

And behold the book shall be sealed; and in the book shall be a revelation from God, from the beginning of the world to the ending thereof.

- 8 Dahil dito, dahil sa mga bagay na mahigpit na isinara, ang mga bagay na mahigpit na isinara ay hindi ibibigay sa araw ng kasamaan at karumaldumal na gawain ng mga tao. Dahil dito, itatago ang aklat mula sa kanila.
- 9 Subalit ang aklat ay ibibigay sa isang lalaki, at kanyang ibibigay ang mga salita ng aklat, na mga salita ng yaong nagsitulog sa alabok, at ibibigay niya ang mga salitang ito sa iba;
- 10 Subalit ang mga salitang mahigpit na isinara ay hindi niya ibibigay, ni hindi niya ibibigay ang aklat. Sapagkat mahigpit na isinara ang aklat ng kapangyarihan ng Diyos, at ang paghahayag na mahigpit na isinara ay iingatan sa aklat hanggang sa sumapit ang sariling takdang panahon ng Panginoon, upang ang mga ito ay lumabas; sapagkat masdan, ipinahahayag ng mga ito ang lahat ng bagay mula sa pagkakatatag ng daigdig hanggang sa katapusan niyon.
- 11 At darating ang araw na ang mga salita ng aklat na mahigpit na isinara ay babasahin sa mga bubungan; at ang mga ito ay mababasa sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Cristo; at ang lahat ng bagay ay ipahahayag sa mga anak ng tao kung ano man ang nangyari na sa mga anak ng tao, at kung ano man ang mangyayari pa hanggang sa katapusan ng mundo.
- 12 Dahil dito, sa araw na yaon kapag ang aklat ay ibibigay sa lalaking yaon na aking sinabi, itatago ang aklat sa paningin ng sanlibutan, upang walang mga mata ang makamamalas nito maliban sa tatlong saksi na makamamalas nito, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, bukod sa kanya kung kanino ibibigay ang aklat; at magpapatotoo sila sa katotohanan ng aklat at ng mga bagay na nilalaman niyon.
- 13 At wala nang ibang makamamalas nito, maliban sa ilan alinsunod sa kalooban ng Diyos, upang magbigay ng patotoo sa kanyang salita sa mga anak ng tao; sapagkat ang Panginoong Diyos ang nagsabi na ang mga salita ng matatapat ay magsasalita na para bang mula sa patay.

Wherefore, because of the things which are sealed up, the things which are sealed shall not be delivered in the day of the wickedness and abominations of the people. Wherefore the book shall be kept from them.

But the book shall be delivered unto a man, and he shall deliver the words of the book, which are the words of those who have slumbered in the dust, and he shall deliver these words unto another;

But the words which are sealed he shall not deliver, neither shall he deliver the book. For the book shall be sealed by the power of God, and the revelation which was sealed shall be kept in the book until the own due time of the Lord, that they may come forth; for behold, they reveal all things from the foundation of the world unto the end thereof.

And the day cometh that the words of the book which were sealed shall be read upon the house tops; and they shall be read by the power of Christ; and all things shall be revealed unto the children of men which ever have been among the children of men, and which ever will be even unto the end of the earth.

Wherefore, at that day when the book shall be delivered unto the man of whom I have spoken, the book shall be hid from the eyes of the world, that the eyes of none shall behold it save it be that three witnesses shall behold it, by the power of God, besides him to whom the book shall be delivered; and they shall testify to the truth of the book and the things therein.

And there is none other which shall view it, save it be a few according to the will of God, to bear testimony of his word unto the children of men; for the Lord God hath said that the words of the faithful should speak as if it were from the dead.

- 14 Dahil dito, ang Panginoong Diyos ay magpapatuloy na ipahayag ang mga salita ng aklat; at sa pamamagitan ng bibig ng kasindami ng mga saksing inaakala niyang makabubuti ay pagtitibayin niya ang kanyang salita; at sa aba niya na tatanggi sa salita ng Diyos!
- 15 Subalit masdan, ito ay mangyayari na sasabihin ng Panginoong Diyos sa kanya na pagbibigyan niya ng aklat: Kunin mo ang mga salitang ito na hindi mahigpit na isinara at ibigay ang mga ito sa ibang tao, upang maipakita niya ang mga yaon sa taong marunong, sinasabing: Basahin ito, isinasamo ko sa iyo. At sasabihin ng marunong: Dalhin mo rito ang aklat, at babasahin ko yaon.
- 16 At ngayon, dahil sa papuri ng sanlibutan, at upang makakuha ng yaman ay kanila itong sasabihin, at hindi para sa kaluwalhatian ng Diyos.
- 17 At sasabihin ng lalaki: Hindi ko madadala ang aklat, sapagkat ito ay mahigpit na isinara.
- 18 Pagkatapos sasabihin ng marunong: Hindi ko ito mababasa.
- 19 Dahil dito, ito ay mangyayari na muling ibibigay ng Panginoong Diyos ang aklat at ang mga salita niyon sa kanya na hindi marunong; at sasabihin ng lalaking hindi marunong: Hindi ako marunong.
- 20 Pagkatapos sasabihin sa kanya ng Panginoong Diyos: Hindi yaon mababasa ng marunong, sapagkat yaon ay tinanggihan niya, at may kakayahan akong gawin ang aking sariling gawain; dahil dito, babasahin mo ang mga salitang ibibigay ko sa iyo.
- 21 Huwag galawin ang mga bagay na mahigpit na isinara, sapagkat ilalabas ko ang mga ito sa aking sariling takdang panahon; sapagkat isisiwalat ko sa mga anak ng tao na may kakayahan akong gawin ang aking sariling gawain.
- 22 Kaya nga, kapag nabasa mo na ang mga salitang aking iniutos sa iyo, at matanggap ang mga saksing ipinangako ko sa iyo, saka mo tatakan muli ang aklat, at ikukubli iyon ayon sa akin, upang aking mapangalagaan ang mga salitang hindi mo nabasa, hanggang sa makita ko sa aking sariling karunungan na nararapat nang ipahayag ang lahat ng bagay sa mga anak ng tao.

Wherefore, the Lord God will proceed to bring forth the words of the book; and in the mouth of as many witnesses as seemeth him good will he establish his word; and wo be unto him that rejecteth the word of God!

But behold, it shall come to pass that the Lord God shall say unto him to whom he shall deliver the book: Take these words which are not sealed and deliver them to another, that he may show them unto the learned, saying: Read this, I pray thee. And the learned shall say: Bring hither the book, and I will read them.

And now, because of the glory of the world and to get gain will they say this, and not for the glory of God.

And the man shall say: I cannot bring the book, for it is sealed.

Then shall the learned say: I cannot read it.

Wherefore it shall come to pass, that the Lord God will deliver again the book and the words thereof to him that is not learned; and the man that is not learned shall say: I am not learned.

Then shall the Lord God say unto him: The learned shall not read them, for they have rejected them, and I am able to do mine own work; wherefore thou shalt read the words which I shall give unto thee.

Touch not the things which are sealed, for I will bring them forth in mine own due time; for I will show unto the children of men that I am able to do mine own work.

Wherefore, when thou hast read the words which I have commanded thee, and obtained the witnesses which I have promised unto thee, then shalt thou seal up the book again, and hide it up unto me, that I may preserve the words which thou hast not read, until I shall see fit in mine own wisdom to reveal all things unto the children of men.

- 23 Sapagkat masdan, ako ang Diyos; at ako ay Diyos ng mga himala; at ipakikita ko sa mundo na ako ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman; at hindi ako gumagawa sa mga anak ng tao maliban kung ito ay naaayon sa kanilang pananampalataya.
- 24 At muli ito ay mangyayari na sasabihin ng Panginoon sa kanya na babasa sa mga salitang ibibigay sa kanya:
- 25 Yayamang ang mga taong ito ay lumalapit sa akin sa pamamagitan ng bibig lamang, at pinapupurihan ako ng kanilang mga labi, samantalang inilayo ang kanilang mga puso sa akin, at ang kanilang pagkatakot sa akin ay itinuro ng mga tuntunin ng tao—
- 26 Samakatwid, magpapatuloy akong gumawa ng kagila-gilalas na gawain sa mga taong ito, oo, isang kagila-gilalas at kamangha-manghang gawain, sapagkat ang karunungan ng kanilang matatalino at marurunong ay mapapawi, at ang pang-unawa ng kanilang mahinahon ay malilingid.
- 27 At sa aba nila na nagsisihanap ng mga paraan upang ikubli nang malalim ang kanilang mga payo mula sa Panginoon! At ang kanilang mga gawain ay nasa dilim; at sinasabi nila: Sinong nakakikita sa atin, at sinong nakakikilala sa atin? At kanila ring sinasabi: Sa katunayan ang inyong pagbabaliktad ng mga bagay ay maipalalagay na luwad ng magpapalayok. Subalit masdan, ipakikita ko sa kanila, wika ng Panginoon ng mga Hukbo, na nalalaman ko ang lahat ng kanilang gawain. Sapagkat masasabi ba ng likha sa lumikha sa kanya, hindi niya ako ginawa? O masasabi ba ng bagay na may anyo sa nag-anyo rito, wala siyang pang-unawa?
- 28 Subalit masdan, wika ng Panginoon ng mga Hukbo: Ipakikita ko sa mga anak ng tao na hindi бага sandaling-sandali na lamang at ang Libano ay magiging masaganang taniman; at ang masaganang taniman ay magiging tulad ng kagubatan.
- 29 At sa araw na yaon ay maririnig ng bingi ang mga salita ng aklat, at makakikita ang mga mata ng bulag mula sa kalabuan at mula sa kadiliman.
- 30 At madaragdagan din ang maaamo, at ang kanilang kagalakan ay mag-iibayo sa Panginoon, at ang mga maralita sa mga tao ay magagalak sa Banal ng Israel.

For behold, I am God; and I am a God of miracles; and I will show unto the world that I am the same yesterday, today, and forever; and I work not among the children of men save it be according to their faith.

And again it shall come to pass that the Lord shall say unto him that shall read the words that shall be delivered him:

Forasmuch as this people draw near unto me with their mouth, and with their lips do honor me, but have removed their hearts far from me, and their fear towards me is taught by the precepts of men—

Therefore, I will proceed to do a marvelous work among this people, yea, a marvelous work and a wonder, for the wisdom of their wise and learned shall perish, and the understanding of their prudent shall be hid.

And wo unto them that seek deep to hide their counsel from the Lord! And their works are in the dark; and they say: Who seeth us, and who knoweth us? And they also say: Surely, your turning of things upside down shall be esteemed as the potter's clay. But behold, I will show unto them, saith the Lord of Hosts, that I know all their works. For shall the work say of him that made it, he made me not? Or shall the thing framed say of him that framed it, he had no understanding?

But behold, saith the Lord of Hosts: I will show unto the children of men that it is yet a very little while and Lebanon shall be turned into a fruitful field; and the fruitful field shall be esteemed as a forest.

And in that day shall the deaf hear the words of the book, and the eyes of the blind shall see out of obscurity and out of darkness.

And the meek also shall increase, and their joy shall be in the Lord, and the poor among men shall rejoice in the Holy One of Israel.

- 31 Sapagkat tiyak na yamang buhay ang Panginoon ay makikita nila na ang kakila-kilabot ay mawawalang-saysay, at ang manlilibak ay matutupok, at lahat ng gumagawa ng kasamaan ay malilipol;
- 32 At sila na nagpapahamak ng kapwa sa pamamagitan ng salita, at naglalagay ng bitag para sa kanya na sumasaway sa pintuang-bayan, at isinasaisantabi ang matwid dahil sa bagay na walang kabuluhan.
- 33 Kaya nga, ganito ang wika ng Panginoon, na siyang tumubos kay Abraham, hinggil sa sambahayan ni Jacob: Hindi na ngayon mapapahiya si Jacob, ni hindi na ngayon mamumutla ang kanyang mukha.
- 34 Subalit kapag nakita niya ang kanyang mga anak, na gawa ng aking mga kamay, sa piling niya, papupurihan nila ang aking pangalan, at papupurihan ang Banal ni Jacob, at matatakot sa Diyos ng Israel.
- 35 Sila na nagkamali sa diwa ay makauunawa, at sila na bumubulung-bulong ay matututo ng doktrina.

For assuredly as the Lord liveth they shall see that the terrible one is brought to naught, and the scorner is consumed, and all that watch for iniquity are cut off;

And they that make a man an offender for a word, and lay a snare for him that reproveth in the gate, and turn aside the just for a thing of naught.

Therefore, thus saith the Lord, who redeemed Abraham, concerning the house of Jacob: Jacob shall not now be ashamed, neither shall his face now wax pale.

But when he seeth his children, the work of my hands, in the midst of him, they shall sanctify my name, and sanctify the Holy One of Jacob, and shall fear the God of Israel.

They also that erred in spirit shall come to understanding, and they that murmured shall learn doctrine.

## 2 Nephi 28

- 1 At ngayon, masdan, aking mga kapatid, nagsalita ako sa inyo alinsunod sa Espiritung pumipilit sa akin; dahil dito, nalalaman kong tunay na kinakailangan itong mangyari.
- 2 At ang mga bagay na masusulat sa aklat ay magiging labis na mahalaga sa mga anak ng tao, at lalung-lalo na sa ating mga binhi na labi ng sambahayan ni Israel.
- 3 Sapagkat ito ay mangyayari na sa araw na yaon na ang mga simbahang naitayo, at hindi sa Panginoon, kapag sinasabi ng isa sa iba: Masdan, ako, ako ay sa Panginoon; at sasabihin ng iba: Ako, ako ay sa Panginoon; at gayon ang sasabihin ng bawat isa na nagtayo ng mga simbahan, at hindi sa Panginoon—
- 4 At makikipagtalo sila sa isa't isa; at ang kani-kanilang mga saserdote ay magtatalu-talo, at magtuturo sila sa pamamagitan ng sarili nilang kaalaman, at itatatwa ang Espiritu Santo, na nagbibigay ng pananalita.
- 5 At itinatatwa nila ang kapangyarihan ng Diyos, ang Banal ng Israel, at sinasabi nila sa mga tao: Makinig sa amin, at pakinggan ninyo ang aming tuntunin; sapagkat masdan, wala nang Diyos ngayon, sapagkat nagawa na ng Panginoon at ng Manunubos ang kanyang gawain, at ibinigay na niya ang kanyang kapangyarihan sa tao;
- 6 Masdan, pakinggan ninyo ang aking tuntunin; kung sasabihin nila na may isang himalang ginagawa ang kamay ng Panginoon, huwag itong paniwalaan; sapagkat sa araw na ito ay hindi na siya Diyos ng mga himala; tapos na ang kanyang gawain.
- 7 Oo, at marami ang magsasabi: Magsikain, magsiinom, at magsipagsaya, sapagkat mamamatay tayo bukas; at ito ay makabubuti sa atin.

## 2 Nephi 28

And now, behold, my brethren, I have spoken unto you, according as the Spirit hath constrained me; wherefore, I know that they must surely come to pass.

And the things which shall be written out of the book shall be of great worth unto the children of men, and especially unto our seed, which is a remnant of the house of Israel.

For it shall come to pass in that day that the churches which are built up, and not unto the Lord, when the one shall say unto the other: Behold, I, I am the Lord's; and the others shall say: I, I am the Lord's; and thus shall every one say that hath built up churches, and not unto the Lord—

And they shall contend one with another; and their priests shall contend one with another, and they shall teach with their learning, and deny the Holy Ghost, which giveth utterance.

And they deny the power of God, the Holy One of Israel; and they say unto the people: Hearken unto us, and hear ye our precept; for behold there is no God today, for the Lord and the Redeemer hath done his work, and he hath given his power unto men;

Behold, hearken ye unto my precept; if they shall say there is a miracle wrought by the hand of the Lord, believe it not; for this day he is not a God of miracles; he hath done his work.

Yea, and there shall be many which shall say: Eat, drink, and be merry, for tomorrow we die; and it shall be well with us.



- 8 At marami rin ang magsasabi: Magsikain, magsiinom, at magsipagsaya; gayon pa man, matakot sa Diyos—kanyang bibigyan ng katwiran ang paggawa ng kaunting kasalanan; oo, magsinungaling nang kaunti, pagsamantalahan ang isa dahil sa kanyang mga salita, humukay ng hukay para sa iyong kapwa; walang masama rito; at gawin ang lahat ng bagay na ito, sapagkat bukas tayo ay mamamatay; at kung tayo man ay may kasalanan, hahagupitin tayo ng Diyos ng ilang palo, at sa wakas tayo ay maliligtas sa kaharian ng Diyos.
- 9 Oo, at marami ang magtuturo sa ganitong pamamaraan, mali at palalo at mga hangal na doktrina, at magiging mapagmataas sa kanilang mga puso, at maghahanap ng kalaliman upang ikubli ang kanilang mga payo mula sa Panginoon; at ang kanilang mga gawain ay nasa dilim.
- 10 At ang dugo ng mga banal ay daraing mula sa lupa laban sa kanila.
- 11 Oo, silang lahat ay naligaw ng landas; silang lahat ay naging makasalanan.
- 12 Dahil sa kapalaluan, at dahil sa mga huwad na guro, at maling doktrina, ang kanilang mga simbahan ay naging tiwali, at ang kanilang mga simbahan ay mapagmataas; dahil sa kapalaluan sila ay naging mapagmataas.
- 13 Ninanakawan nila ang mga maralita dahil sa kanilang maiinam na santuwaryo; ninanakawan nila ang mga maralita dahil sa kanilang maiinam na kasuotan; at hinahamak nila ang maaamo at ang may mababang kalooban, dahil sa kanilang kapalaluan sila ay naging mapagmataas.
- 14 Matitigas ang kanilang mga leeg at nakataas ang mga noo; oo, at dahil sa kapalaluan, at kasamaan, at mga karumal-dumal na gawain, at mga pagpapatutot, at silang lahat ay naligaw maliban lamang sa iilan, na mga mapagkumbabang tagasunod ni Cristo; gayon pa man, naakay sila, kung kaya't sa maraming pagkakataon sila ay nagkakamali dahil sa naturuan sila ng mga tuntunin ng tao.

And there shall also be many which shall say: Eat, drink, and be merry; nevertheless, fear God—he will justify in committing a little sin; yea, lie a little, take the advantage of one because of his words, dig a pit for thy neighbor; there is no harm in this; and do all these things, for tomorrow we die; and if it so be that we are guilty, God will beat us with a few stripes, and at last we shall be saved in the kingdom of God.

Yea, and there shall be many which shall teach after this manner, false and vain and foolish doctrines, and shall be puffed up in their hearts, and shall seek deep to hide their counsels from the Lord; and their works shall be in the dark.

And the blood of the saints shall cry from the ground against them.

Yea, they have all gone out of the way; they have become corrupted.

Because of pride, and because of false teachers, and false doctrine, their churches have become corrupted, and their churches are lifted up; because of pride they are puffed up.

They rob the poor because of their fine sanctuaries; they rob the poor because of their fine clothing; and they persecute the meek and the poor in heart, because in their pride they are puffed up.

They wear stiff necks and high heads; yea, and because of pride, and wickedness, and abominations, and whoredoms, they have all gone astray save it be a few, who are the humble followers of Christ; nevertheless, they are led, that in many instances they do err because they are taught by the precepts of men.

- 15 O ang matalino, at ang marunong, at ang mayaman, na mapagmataas sa kapalaluan ng kanilang mga puso, at lahat ng yaong nangangaral ng mga maling doktrina, at lahat ng yaong gumagawa ng pagpapatutot, at inililigaw ang tamang landas ng Panginoon, sa aba, sa aba, sa aba nila, wika ng Panginoong Diyos na Pinakamakapangyarihan, sapagkat itatapon sila sa impiyerno!
- 16 Sa aba nila na nagsasaisantabi ng matwid para sa isang bagay na walang kabuluhan at nanlalait ng yaong mabubuti; at nagsasabing walang halaga ito! Sapagkat darating ang araw na biglang parurusahan ng Panginoong Diyos ang mga naninirahan sa mundo; at sa araw na yaon na hinog na sila sa kasamaan ay lilipulin sila.
- 17 Subalit masdan, kung magsisisi ang mga naninirahan sa mundo sa kanilang kasamaan at mga karumal-dumal na gawain ay hindi sila lilipulin, wika ng Panginoon ng mga Hukbo.
- 18 Subalit masdan, ang makapangyarihan at karumal-dumal na simbahang yaon, ang patutot ng buong mundo, ay tiyak na mabubuwal sa lupa, at tiyak na napakalakas ng magiging pagbagsak niyon.
- 19 Sapagkat ang kaharian ng diyablo ay tiyak na mayayanig, at sila na nabibilang dito ay talagang kinakailangang pukawin sa pagsisisi, o hahawakan sila ng diyablo sa pamamagitan ng kanyang mga walang hanggang tanikala, at pupukawin sila sa pagkagalit, at masasawi;
- 20 Sapagkat masdan, sa araw na yaon ay sasalantahin niya ang puso ng mga anak ng tao, at pupukawin sila na magalit laban sa yaong bagay na mabuti.
- 21 At gagawin niyang payapa ang iba, at dahan-dahan silang aakayin tungo sa mahalay na katiwasayan, na kanilang sasabihin: Mainam ang lahat sa Sion; oo, umuunlad ang Sion, mainam ang lahat—at sa gayon lilinlangin ng diyablo ang kanilang mga kaluluwa, at maingat silang aakayin pababa sa impiyerno.

O the wise, and the learned, and the rich, that are puffed up in the pride of their hearts, and all those who preach false doctrines, and all those who commit whoredoms, and pervert the right way of the Lord, wo, wo, wo be unto them, saith the Lord God Almighty, for they shall be thrust down to hell!

Wo unto them that turn aside the just for a thing of naught and revile against that which is good, and say that it is of no worth! For the day shall come that the Lord God will speedily visit the inhabitants of the earth; and in that day that they are fully ripe in iniquity they shall perish.

But behold, if the inhabitants of the earth shall repent of their wickedness and abominations they shall not be destroyed, saith the Lord of Hosts.

But behold, that great and abominable church, the whore of all the earth, must tumble to the earth, and great must be the fall thereof.

For the kingdom of the devil must shake, and they which belong to it must needs be stirred up unto repentance, or the devil will grasp them with his everlasting chains, and they be stirred up to anger, and perish;

For behold, at that day shall he rage in the hearts of the children of men, and stir them up to anger against that which is good.

And others will he pacify, and lull them away into carnal security, that they will say: All is well in Zion; yea, Zion prospereth, all is well—and thus the devil cheateth their souls, and leadeth them away carefully down to hell.

22 At masdan, pupurihin niya nang labis-labis ang iba, at sasabihin sa kanila na walang impiyerno; at sasabihin niya sa kanila: Hindi ako diyablo, sapagkat walang diyablo—at ganito ang ibinubulong niya sa kanilang mga tainga, hanggang sa kanyang mahawakan sila ng kanyang mga kakila-kilabot na tanikala, na kung saan ay walang kawala.

23 Oo, nahawakan sila ng kamatayan, at impiyerno; at ang kamatayan, at ang impiyerno, at ang diyablo, at lahat ng yaong nahawakan niyon ay tiyak na tatayo sa harapan ng trono ng Diyos, at hahatulan alinsunod sa kanilang mga gawa, kung saan sila ay patutungo sa dakong inihanda para sa kanila, maging sa lawa ng apoy at asupre, na walang hanggang pagdurusa.

24 Samakatwid, sa aba niya na pabaya sa Sion!

25 Sa aba niya na sumisigaw nang: Mainam ang lahat!

26 Oo, sa aba niya na nakikinig sa mga tuntunin ng tao, at nagtatatwa sa kapangyarihan ng Diyos, at sa kaloob na Espiritu Santo!

27 Oo, sa aba niya na nagsasabing: Nakatanggap na kami, at hindi na kami nangangailangan pa ng dagdag!

28 At sa lalong maliwanag, sa aba sa lahat ng yaong nanginginig, at nagagalit dahil sa katotohanan ng Diyos! Sapagkat masdan, siya na nakatayo sa malaking bato ay tumatanggap nito nang may kagalakan; at siya na nakatayo sa saligang buhangin ay nanginginig na baka sila mabuwal.

29 Sa aba niya na nagsasabing: Natanggap na namin ang salita ng Diyos, at hindi na namin kailangan pa ng salita ng Diyos, sapagkat sapat na ang kaalaman namin!

30 Sapagkat masdan, ganito ang wika ng Panginoong Diyos: Magbibigay ako sa mga anak ng tao ng taludtod sa taludtod, ng tuntunin sa tuntunin, kaunti rito at kaunti roon; at pinagpala ang mga yaong nakikinig sa aking mga tuntunin, at ipahiram ang tainga sa aking mga payo, sapagkat matututo sila ng karunungan; sapagkat siya na tumatanggap ay bibigyan ko pa ng karagdagan; at mula sa kanila na nagsasabing mayroon na kaming sapat, mula sa kanila ay kukunin maging ang mga yaong mayroon sila.

And behold, others he flattereth away, and telleth them there is no hell; and he saith unto them: I am no devil, for there is none—and thus he whispereth in their ears, until he grasps them with his awful chains, from whence there is no deliverance.

Yea, they are grasped with death, and hell; and death, and hell, and the devil, and all that have been seized therewith must stand before the throne of God, and be judged according to their works, from whence they must go into the place prepared for them, even a lake of fire and brimstone, which is endless torment.

Therefore, wo be unto him that is at ease in Zion!  
Wo be unto him that crieth: All is well!

Yea, wo be unto him that hearkeneth unto the precepts of men, and denieth the power of God, and the gift of the Holy Ghost!

Yea, wo be unto him that saith: We have received, and we need no more!

And in fine, wo unto all those who tremble, and are angry because of the truth of God! For behold, he that is built upon the rock receiveth it with gladness; and he that is built upon a sandy foundation trembleth lest he shall fall.

Wo be unto him that shall say: We have received the word of God, and we need no more of the word of God, for we have enough!

For behold, thus saith the Lord God: I will give unto the children of men line upon line, precept upon precept, here a little and there a little; and blessed are those who hearken unto my precepts, and lend an ear unto my counsel, for they shall learn wisdom; for unto him that receiveth I will give more; and from them that shall say, We have enough, from them shall be taken away even that which they have.

31 Sumpain siya na nagtitiwala sa tao, o inaaring lakas ang laman, o makikinig sa mga tuntunin ng tao, maliban kung ibinigay ang kanilang mga tuntunin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

32 Sa aba sa mga Gentil, wika ng Panginoong Diyos ng mga Hukbo! Sapagkat kahit na laging nakaunat sa kanila ang aking bisig sa araw-araw, ay itatatwani ako; gayon pa man, magiging maawain ako sa kanila, wika ng Panginoong Diyos, kung magsisisi sila at lalapit sa akin; sapagkat nakaunat ang aking bisig sa buong maghapon, wika ng Panginoong Diyos ng mga Hukbo.

Cursed is he that putteth his trust in man, or maketh flesh his arm, or shall hearken unto the precepts of men, save their precepts shall be given by the power of the Holy Ghost.

Wo be unto the Gentiles, saith the Lord God of Hosts! For notwithstanding I shall lengthen out mine arm unto them from day to day, they will deny me; nevertheless, I will be merciful unto them, saith the Lord God, if they will repent and come unto me; for mine arm is lengthened out all the day long, saith the Lord God of Hosts.

## 2 Nephi 29

- 1 Ngunit masdan, magkakaroon ng marami—sa araw na yaon kung kailan ako ay magpapatuloy na gagawa ng isang kagila-gilalas na gawain sa kanila upang maalaala ko ang aking mga tipan na aking ginawa sa mga anak ng tao, upang maihanda kong muli ang aking kamay sa ikalawang pagkakataon upang mabawi ko ang aking mga tao, na kabilang sa sambahayan ni Israel;
- 2 At gayundin, upang maalaala ko ang aking mga pangakong ginawa sa iyo, Nephi, at gayundin sa iyong ama, upang maalaala ko ang iyong mga binhi; at nang ang mga salita ng iyong mga binhi ay mamutawi mula sa aking bibig patungo sa iyong mga binhi; at ang aking mga salita ay titimo hanggang sa mga dulo ng mundo, upang maging sagisag ng aking mga tao, na kabilang sa sambahayan ni Israel;
- 3 At dahil ang aking mga salita ay titimo—Marami sa mga Gentil ang magsasabi: Isang Biblia! Isang Biblia! Mayroon na kaming Biblia, at hindi na magkakaroon pa ng karagdagang Biblia.
- 4 Ngunit ganito ang wika ng Panginoong Diyos: O mga hangal, sila’y magkakaroon ng Biblia; at iyon ay manggagaling sa mga Judio, na aking mga sinaunang pinagtipanang tao. At ano ang pasasalamatang nila sa mga Judio sa Biblia na kanilang tinanggap mula sa kanila? Oo, ano ang ibig sabihin ng mga Gentil? Naaalaala ba nila ang mga paghihirap, at ang mga pagpapagal, at ang mga pasakit ng mga Judio, at ang kanilang pagsusumikap para sa akin, sa pagdadala ng kaligtasan sa mga Gentil?
- 5 O kayong mga Gentil, inyo bang naaalaala ang mga Judio, na aking mga sinaunang pinagtipanang tao? Hindi, kundi inyong isinumpa sila, at kinamuhian sila, at hindi naghangad na sila ay mabawi. Ngunit masdan, ibalik ko sa inyong sariling mga ulo ang lahat ng bagay na ito; sapagkat ako, ang Panginoon ay hindi nakalilimot sa aking mga tao.

## 2 Nephi 29

But behold, there shall be many—at that day when I shall proceed to do a marvelous work among them, that I may remember my covenants which I have made unto the children of men, that I may set my hand again the second time to recover my people, which are of the house of Israel;

And also, that I may remember the promises which I have made unto thee, Nephi, and also unto thy father, that I would remember your seed; and that the words of your seed should proceed forth out of my mouth unto your seed; and my words shall hiss forth unto the ends of the earth, for a standard unto my people, which are of the house of Israel;

And because my words shall hiss forth—many of the Gentiles shall say: A Bible! A Bible! We have got a Bible, and there cannot be any more Bible.

But thus saith the Lord God: O fools, they shall have a Bible; and it shall proceed forth from the Jews, mine ancient covenant people. And what thank they the Jews for the Bible which they receive from them? Yea, what do the Gentiles mean? Do they remember the travails, and the labors, and the pains of the Jews, and their diligence unto me, in bringing forth salvation unto the Gentiles?

O ye Gentiles, have ye remembered the Jews, mine ancient covenant people? Nay; but ye have cursed them, and have hated them, and have not sought to recover them. But behold, I will return all these things upon your own heads; for I the Lord have not forgotten my people.

- 6 Ikaw na hangal, na magsasabi: Isang Biblia, mayroon na kaming Biblia, at hindi na namin kailangan pa ng karagdagang Biblia. Nagkaroon ba kayo ng Biblia maliban sa ito ay sa pamamagitan ng mga Judio?
- 7 Hindi ba ninyo alam na maraming bansa hindi lamang iisa? Hindi ba ninyo alam na ako, ang Panginoon ninyong Diyos, ang lumikha sa lahat ng tao, at naaalaala ko yaong mga nasa pulo ng dagat; at na ako ang namamahala sa kalangitan sa itaas at sa lupa sa ibaba; at isinisiwalat ko ang aking salita sa mga anak ng tao, oo, maging sa lahat ng bansa sa mundo?
- 8 Dahil dito, bumulung-bulong kayo, dahil ba sa kayo ay tatanggap pa ng karagdagang salita ko? Hindi ba ninyo alam na ang patotoo ng dalawang bansa ay saksi sa inyo na ako nga ang Diyos, na naaalaala ko ang isang bansa gaya ng iba? Dahil dito, sinasabi ko ang mga gayon ding salita sa isang bansa gaya ng sa iba. At kapag ang dalawang bansa ay susulong na magkasabay, ang patotoo ng dalawang bansa ay susulong ding magkasabay.
- 9 At ito ay ginagawa ko upang mapatunayan ko sa marami na ako rin ang siyang kahapon, ngayon, at magpakailanman; at sinasabi ko ang aking mga salita alinsunod sa aking sariling kasiyahan. At sapagkat ako'y nakapagsabi na ng isang salita ay hindi ninyo dapat akalain na hindi na ako muling magsasalita; sapagkat ang aking gawain ay hindi pa natatapos; ni hindi pa hanggang sa katapusan ng tao, ni sa simula ng panahong iyon at magpakailanman.
- 10 Dahil dito, sapagkat mayroon kayong Biblia ay hindi ninyo dapat akalain na yaon ay naglalaman na ng lahat kong salita; ni hindi ninyo dapat akalain na ako ay hindi na magpapasulat pa ng karagdagan.
- 11 Sapagkat inuutusan ko ang lahat ng tao, kapwa sa silangan at sa kanluran, at sa hilaga, at sa timog, at sa mga pulo ng dagat, na kanilang isulat ang mga salitang aking sasabihin sa kanila; sapagkat mula sa mga aklat na isusulat ay hahatulan ko ang sanlibutan, bawat tao alinsunod sa kanyang mga gawa, alinsunod doon sa nasusulat.

Thou fool, that shall say: A Bible, we have got a Bible, and we need no more Bible. Have ye obtained a Bible save it were by the Jews?

Know ye not that there are more nations than one? Know ye not that I, the Lord your God, have created all men, and that I remember those who are upon the isles of the sea; and that I rule in the heavens above and in the earth beneath; and I bring forth my word unto the children of men, yea, even upon all the nations of the earth?

Wherefore murmur ye, because that ye shall receive more of my word? Know ye not that the testimony of two nations is a witness unto you that I am God, that I remember one nation like unto another? Wherefore, I speak the same words unto one nation like unto another. And when the two nations shall run together the testimony of the two nations shall run together also.

And I do this that I may prove unto many that I am the same yesterday, today, and forever; and that I speak forth my words according to mine own pleasure. And because that I have spoken one word ye need not suppose that I cannot speak another; for my work is not yet finished; neither shall it be until the end of man, neither from that time henceforth and forever.

Wherefore, because that ye have a Bible ye need not suppose that it contains all my words; neither need ye suppose that I have not caused more to be written.

For I command all men, both in the east and in the west, and in the north, and in the south, and in the islands of the sea, that they shall write the words which I speak unto them; for out of the books which shall be written I will judge the world, every man according to their works, according to that which is written.

12 Sapagkat masdan, magsasalita ako sa mga Judio at kanilang isusulat ito; at magsasalita rin ako sa mga Nephita at kanilang isusulat ito; at magsasalita rin ako sa ibang mga lipi ng sambahayan ni Israel, na aking inakay palayo, at kanilang isusulat ito; at ako ay magsasalita rin sa lahat ng bansa sa mundo at kanilang isusulat ito.

13 At ito ay mangyayari na ang mga Judio ay magkakaroon ng mga salita ng mga Nephita, at ang mga Nephita ay magkakaroon ng mga salita ng mga Judio; at ang mga Nephita at ang mga Judio ay magkakaroon ng mga salita ng mga nawalang lipi ni Israel; at ang mga nawalang lipi ni Israel ay magkakaroon ng mga salita ng mga Nephita at ng mga Judio.

14 At ito ay mangyayari na ang aking mga tao, na nabibilang sa sambahayan ni Israel, ay titipunin pauwi sa mga lupaing kanilang pag-aari; at ang aking salita ay matitipon din sa isa. At ipakikilala ko sa kanila na makikipaglaban sa aking salita at laban sa aking mga tao, na nabibilang sa sambahayan ni Israel, na ako ang Diyos, at na ako ay nakipagtipan kay Abraham na aking aalalahanin ang kanyang mga binhi magpakailanman.

For behold, I shall speak unto the Jews and they shall write it; and I shall also speak unto the Nephites and they shall write it; and I shall also speak unto the other tribes of the house of Israel, which I have led away, and they shall write it; and I shall also speak unto all nations of the earth and they shall write it.

And it shall come to pass that the Jews shall have the words of the Nephites, and the Nephites shall have the words of the Jews; and the Nephites and the Jews shall have the words of the lost tribes of Israel; and the lost tribes of Israel shall have the words of the Nephites and the Jews.

And it shall come to pass that my people, which are of the house of Israel, shall be gathered home unto the lands of their possessions; and my word also shall be gathered in one. And I will show unto them that fight against my word and against my people, who are of the house of Israel, that I am God, and that I covenanted with Abraham that I would remember his seed forever.

## 2 Nephi 30

- 1 At ngayon masdan, mga minamahal kong kapatid, mangungusap ako sa inyo; sapagkat ako, si Nephi, ay hindi tutulutang ipagpalagay ninyo na higit kayong mabubuti kaysa sa mga Gentil. Sapagkat masdan, maliban kung susundin ninyo ang mga kautusan ng Diyos kayong lahat ay masasawi rin; at dahil sa mga salitang sinabi ay hindi ninyo dapat ipagpalagay na lubusang malilipol ang mga Gentil.
- 2 Sapagkat masdan, sinasabi ko sa inyo, na kasindami ng mga Gentil na magsisisi ay mga pinagtipanang tao ng Panginoon; at kasindami ng mga Judio na hindi magsisisi ay itatakwil; sapagkat ang Panginoon ay hindi nakikipagtipan sa kanino man maliban sa kanila na nagsisisi at naniniwala sa kanyang Anak, na siyang Banal ng Israel.
- 3 At ngayon, magpopropesiya pa ako kahit paano hinggil sa mga Judio at sa mga Gentil. Sapagkat matapos lumabas ang aklat na aking sinabi, at maisulat sa mga Gentil, at muling mahigpit na isinara ayon sa Panginoon, marami ang maniniwala sa mga salitang nakasulat; at dadalhin nila ang mga yaon sa mga labi ng ating mga binhi.
- 4 At doon malalaman ng mga labi ng ating mga binhi ang hinggil sa atin, kung paanong lumisan tayo mula sa Jerusalem, at na sila ay mga inapo ng mga Judio.
- 5 At ang ebanghelyo ni Jesucristo ay ihahayag sa kanila; dahil dito, maibabalik sila sa kaalaman ng kanilang mga ama, at sa kaalaman din tungkol kay Jesucristo, na taglay ng kanilang mga ama.
- 6 At pagkatapos sila ay magagalak; sapagkat malalaman nila na pagpapala ito sa kanila mula sa kamay ng Diyos; at ang kaliskis ng kadiliman ay magsisimulang mapawi mula sa kanilang mga mata; at hindi lilipas ang maraming salinlahi sa kanila, maliban sa magiging dalisay sila at mga kaaya-ayang tao.
- 7 At ito ay mangyayari na ang mga Judio na nakakalat ay magsisimula ring maniwala kay Cristo; at magsisimula silang magtipon sa ibabaw ng lupain; at kasindami ng maniniwala kay Cristo gayon din ay magiging mga kaaya-ayang tao.

## 2 Nephi 30

And now behold, my beloved brethren, I would speak unto you; for I, Nephi, would not suffer that ye should suppose that ye are more righteous than the Gentiles shall be. For behold, except ye shall keep the commandments of God ye shall all likewise perish; and because of the words which have been spoken ye need not suppose that the Gentiles are utterly destroyed.

For behold, I say unto you that as many of the Gentiles as will repent are the covenant people of the Lord; and as many of the Jews as will not repent shall be cast off; for the Lord covenanteth with none save it be with them that repent and believe in his Son, who is the Holy One of Israel.

And now, I would prophesy somewhat more concerning the Jews and the Gentiles. For after the book of which I have spoken shall come forth, and be written unto the Gentiles, and sealed up again unto the Lord, there shall be many which shall believe the words which are written; and they shall carry them forth unto the remnant of our seed.

And then shall the remnant of our seed know concerning us, how that we came out from Jerusalem, and that they are descendants of the Jews.

And the gospel of Jesus Christ shall be declared among them; wherefore, they shall be restored unto the knowledge of their fathers, and also to the knowledge of Jesus Christ, which was had among their fathers.

And then shall they rejoice; for they shall know that it is a blessing unto them from the hand of God; and their scales of darkness shall begin to fall from their eyes; and many generations shall not pass away among them, save they shall be a pure and a delightful people.

And it shall come to pass that the Jews which are scattered also shall begin to believe in Christ; and they shall begin to gather in upon the face of the land; and as many as shall believe in Christ shall also become a delightsome people.



- 8 At ito ay mangyayari na sisimulan ng Panginoong Diyos ang kanyang gawain sa lahat ng bansa, lahi, wika, at tao, upang maisakatuparan ang panunumbalik ng kanyang mga tao sa mundo.
- 9 At sa kabutihan ay hahatulan ng Panginoong Diyos ang mga maralita, at hahatulan nang may katwiran ang maaamo ng mundo. At babagabagin niya ang mundo sa pamamagitan ng pamalo ng kanyang bibig; at sa pamamagitan ng hinga ng kanyang mga labi ay papatayin niya ang masasama.
- 10 Sapagkat mabilis na darating ang panahon na gagawa ng malaking paghahati ang Panginoong Diyos sa mga tao, at lilipulin ang masasama; at patatawarin niya ang kanyang mga tao, oo, maging kung nararapat na kanyang lipulin ang masasama sa pamamagitan ng apoy.
- 11 At katwiran ang magiging bigkis ng kanyang baywang at katapatan ang bigkis ng kanyang balakang.
- 12 At pagkatapos maninirahan ang lobo na kasama ng kordero; at mahihiga ang leopardo na kasiping ang batang kambing, at ang guya, at ang batang leon, at ang patabain ay magkasamang manginginain; at aakayin sila ng isang maliit na bata.
- 13 At manginginain ang baka at ang oso; at ang kanilang mga anak ay sama-samang mahihiga; at kakain ng dayami ang leon na tulad ng baka.
- 14 At ang pasusuhing bata ay maglalaro sa lungga ng ahas, at ipapasok ng sanggol na kaaawat pa lamang ang kanyang kamay sa lungga ng ulupong.
- 15 At hindi sila mananakit ni maninira sa lahat ng aking banal na bundok; sapagkat mapupuno ang mundo ng kaalaman tungkol sa Panginoon, tulad ng pagkapuno ng tubig sa karagatan.
- 16 Dahil dito, ipaaalam ang mga lihim ng lahat ng bansa; oo, lahat ng bagay ay ipaaalam sa mga anak ng tao.
- 17 Walang bagay na malilihim maliban sa ito ay ipahahayag; walang gawain ng kadiliman maliban sa ito ay ipakikita sa liwanag; at walang bagay na napipinid nang mahigpit sa mundo maliban sa ito ay mabubuksan.

And it shall come to pass that the Lord God shall commence his work among all nations, kindreds, tongues, and people, to bring about the restoration of his people upon the earth.

And with righteousness shall the Lord God judge the poor, and reprove with equity for the meek of the earth. And he shall smite the earth with the rod of his mouth; and with the breath of his lips shall he slay the wicked.

For the time speedily cometh that the Lord God shall cause a great division among the people, and the wicked will he destroy; and he will spare his people, yea, even if it so be that he must destroy the wicked by fire.

And righteousness shall be the girdle of his loins, and faithfulness the girdle of his reins.

And then shall the wolf dwell with the lamb; and the leopard shall lie down with the kid, and the calf, and the young lion, and the fatling, together; and a little child shall lead them.

And the cow and the bear shall feed; their young ones shall lie down together; and the lion shall eat straw like the ox.

And the sucking child shall play on the hole of the asp, and the weaned child shall put his hand on the cockatrice's den.

They shall not hurt nor destroy in all my holy mountain; for the earth shall be full of the knowledge of the Lord as the waters cover the sea.

Wherefore, the things of all nations shall be made known; yea, all things shall be made known unto the children of men.

There is nothing which is secret save it shall be revealed; there is no work of darkness save it shall be made manifest in the light; and there is nothing which is sealed upon the earth save it shall be loosed.

18 Dahil dito, ang lahat ng bagay na naipahayag na sa mga anak ng tao ay ipahahayag sa araw na yaon, at si Satanas ay mawawalan ng kapangyarihan sa mga puso ng mga anak ng tao, sa mahabang panahon. At ngayon, mga minamahal kong kapatid, tinatapos ko ang aking mga sinasabi.

Wherefore, all things which have been revealed unto the children of men shall at that day be revealed; and Satan shall have power over the hearts of the children of men no more, for a long time. And now, my beloved brethren, I make an end of my sayings.

## 2 Nephi 31

- 1 At ngayon ako, si Nephi, ay tinatapos na ang aking pagpopropesiya sa inyo, mga minamahal kong kapatid. At ilang bagay lamang ang maisusulat ko, na alam kong tiyak na mangyayari; ni hindi ko maisusulat maliban lamang sa ilan sa mga salita ng aking kapatid na si Jacob.
- 2 Samakatwid, ang mga bagay na isinulat ko ay sapat na sa akin, maliban sa ilang salita na kailangan kong sabihin hinggil sa doktrina ni Cristo; samakatwid, ako ay magsasalita sa inyo nang malinaw, alinsunod sa kalinawan ng aking pagpopropesiya.
- 3 Sapagkat ang aking kaluluwa ay nalulugod sa kalinawan; sapagkat sa ganitong pamamaraan gumagawa ang Panginoong Diyos sa mga anak ng tao. Sapagkat ang Panginoong Diyos ang nagbibigay-liwanag sa pang-unawa; sapagkat siya ay nagsasalita sa mga tao alinsunod sa kanilang wika, sa kanilang ikauunawa.
- 4 Samakatwid, nais kong inyong pakatandaan na nagsalita ako sa inyo hinggil sa yaong propetang ipinakita sa akin ng Panginoon, na siyang magbibinyag sa Kordero ng Diyos, na siyang mag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan.
- 5 At ngayon, kung ang Kordero ng Diyos, siya na isang banal, ay kinakailangang mabinyagan sa pamamagitan ng tubig, upang ganapin ang lahat ng katwiran, O gaano pa kaya higit na kinakailangan na tayong mga hindi banal ay mabinyagan, oo, maging sa pamamagitan ng tubig!
- 6 At ngayon, magtatanong ako sa inyo, mga minamahal kong kapatid, paanong ang Kordero ng Diyos ay gumanap sa lahat ng katwiran sa pagpapabinyag sa pamamagitan ng tubig?
- 7 Hindi ba ninyo nalalaman na siya ay banal? Ngunit sa kabila ng kanyang pagiging banal, ipinakikita niya sa mga anak ng tao na, ayon sa laman siya sa kanyang sarili ay nagpapakumbaba sa harapan ng Ama, at pinatototohanan sa Ama na siya ay magiging masunurin sa kanya sa pagsunod ng kanyang mga kautusan.
- 8 Samakatwid, matapos na siya ay mabinyagan sa tubig ang Espiritu Santo ay bumaba na tulad sa isang kalapati sa kanya.

## 2 Nephi 31

And now I, Nephi, make an end of my prophesying unto you, my beloved brethren. And I cannot write but a few things, which I know must surely come to pass; neither can I write but a few of the words of my brother Jacob.

Wherefore, the things which I have written sufficient me, save it be a few words which I must speak concerning the doctrine of Christ; wherefore, I shall speak unto you plainly, according to the plainness of my prophesying.

For my soul delighteth in plainness; for after this manner doth the Lord God work among the children of men. For the Lord God giveth light unto the understanding; for he speaketh unto men according to their language, unto their understanding.

Wherefore, I would that ye should remember that I have spoken unto you concerning that prophet which the Lord showed unto me, that should baptize the Lamb of God, which should take away the sins of the world.

And now, if the Lamb of God, he being holy, should have need to be baptized by water, to fulfil all righteousness, O then, how much more need have we, being unholy, to be baptized, yea, even by water!

And now, I would ask of you, my beloved brethren, wherein the Lamb of God did fulfil all righteousness in being baptized by water?

Know ye not that he was holy? But notwithstanding he being holy, he showeth unto the children of men that, according to the flesh he humbleth himself before the Father, and witnesseth unto the Father that he would be obedient unto him in keeping his commandments.

Wherefore, after he was baptized with water the Holy Ghost descended upon him in the form of a dove.

- 9 At muli, iyon ay nagpapakita sa mga anak ng tao ng kakiputan ng landas, at ng kakitiran ng pasukan, na kanilang dapat pasukin, siya na nagbigay ng halimbawa sa harapan nila.
- 10 At sinabi niya sa mga anak ng tao: Sumunod kayo sa akin. Kaya nga, mga minamahal kong kapatid, makasusunod ba tayo kay Jesus maliban sa tayo ay nakahandang sumunod sa mga kautusan ng Ama?
- 11 At sinabi ng Ama: Magsisi kayo, magsisi kayo, at magpabinyag sa pangalan ng Sinisinta kong Anak.
- 12 At gayon din, ang tinig ng Anak ay nangusap sa akin, nagsasabing: Siya na nabinyagan sa aking pangalan, sa kanya ay ibibigay ng Ama ang Espiritu Santo, katulad sa akin; samakatwid, sumunod sa akin, at gawin ang mga bagay na nakita ninyong ginawa ko.
- 13 Kaya nga, mga minamahal kong kapatid, alam ko na kung inyong susundin ang Anak, nang may buong layunin ng puso, nang walang pagkukunwari at walang panlilinlang sa harapan ng Diyos, kundi may tunay na hangarin, nagsisisi sa inyong mga kasalanan, nagpapatotoo sa Ama na nahahanda kayong taglayin sa inyong sarili ang pangalan ni Cristo, sa pamamagitan ng binyag—oo, sa pamamagitan ng pagsunod sa inyong Panginoon at inyong Tagapagligtas doon sa tubig, alinsunod sa kanyang salita, masdan, pagkatapos ay inyong tatanggapin ang Espiritu Santo; oo, at pagkatapos darating ang binyag ng apoy at ng Espiritu Santo; at pagkatapos kayo ay makapagsasalita ng wika ng mga anghel, at sisigaw ng papuri sa Banal ng Israel.
- 14 Datapwat masdan, mga minamahal kong kapatid, sa ganito nangusap ang tinig ng Anak sa akin, nagsasabing: Matapos na kayo ay magsisi ng inyong mga kasalanan, at nagpatotoo sa Ama na kayo ay nahahandang sumunod sa aking mga kautusan, sa pamamagitan ng pagpapabinyag sa tubig, at tumanggap ng binyag ng apoy at ng Espiritu Santo, at nakapagsalita ng bagong wika, oo, maging ng wika ng mga anghel, at pagkaraan nito ay itatakwil ako, makabubuti pa sa inyo ang hindi ninyo ako nakilala.
- 15 At narinig ko ang isang tinig mula sa Ama, nagsasabing: Oo, ang mga salita ng aking Sinisinta ay tunay at tapat. Siya na makapagtitiis hanggang wakas, siya rin ay maliligtas.

And again, it showeth unto the children of men the straitness of the path, and the narrowness of the gate, by which they should enter, he having set the example before them.

And he said unto the children of men: Follow thou me. Wherefore, my beloved brethren, can we follow Jesus save we shall be willing to keep the commandments of the Father?

And the Father said: Repent ye, repent ye, and be baptized in the name of my Beloved Son.

And also, the voice of the Son came unto me, saying: He that is baptized in my name, to him will the Father give the Holy Ghost, like unto me; wherefore, follow me, and do the things which ye have seen me do.

Wherefore, my beloved brethren, I know that if ye shall follow the Son, with full purpose of heart, acting no hypocrisy and no deception before God, but with real intent, repenting of your sins, witnessing unto the Father that ye are willing to take upon you the name of Christ, by baptism—yea, by following your Lord and your Savior down into the water, according to his word, behold, then shall ye receive the Holy Ghost; yea, then cometh the baptism of fire and of the Holy Ghost; and then can ye speak with the tongue of angels, and shout praises unto the Holy One of Israel.

But, behold, my beloved brethren, thus came the voice of the Son unto me, saying: After ye have repented of your sins, and witnessed unto the Father that ye are willing to keep my commandments, by the baptism of water, and have received the baptism of fire and of the Holy Ghost, and can speak with a new tongue, yea, even with the tongue of angels, and after this should deny me, it would have been better for you that ye had not known me.

And I heard a voice from the Father, saying: Yea, the words of my Beloved are true and faithful. He that endureth to the end, the same shall be saved.

16 At ngayon, mga minamahal kong kapatid, nalalaman ko sa pamamagitan nito na maliban sa ang tao ay magtiis hanggang wakas, sa pagsunod sa halimbawa ng Anak ng Diyos na buhay, siya ay hindi maaaring maligtas.

17 Kaya nga, gawin ninyo ang mga bagay na sinabi ko sa inyo na nakita kong gagawin ng inyong Panginoon at inyong Manunubos; sapagkat sa ganitong layunin ang mga yaon ay ipinakita sa akin, upang malaman ninyo ang pasukang inyong dapat pasukin. Sapagkat ang pasukang inyong dapat pasukin ay pagsisisi at binyag sa pamamagitan ng tubig; at pagkatapos darating ang kapatawaran ng inyong mga kasalanan sa pamamagitan ng apoy at ng Espiritu Santo.

18 At pagkatapos, kayo ay nasa makipot at makitid na landas na patungo sa buhay na walang hanggan; oo, kayo ay nakapasok na sa pasukan; nagawa na ninyo ang alinsunod sa mga kautusan ng Ama at ng Anak; at inyong tinanggap ang Espiritu Santo, na sumasaksi sa Ama at sa Anak, tungo sa katuparan ng pangakong kanyang ginawa, na kung kayo ay papasok sa daan ay inyong tatanggapin.

19 At ngayon, mga minamahal kong kapatid, matapos na kayo ay mapasamakipot at makitid na landas, itatanong ko kung ang lahat ay nagawa na? Masdan, sinasabi ko sa inyo, Hindi; sapagkat hindi pa kayo nakalalapit maliban sa ito ay sa pamamagitan ng salita ni Cristo na may hindi matitinag na pananampalataya sa kanya, na umaasa nang lubos sa mga awa niya na makapangyarihang magligtas.

20 Kaya nga, kinakailangan kayong magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, at pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao. Samakatwid, kung kayo ay magpapatuloy, nagpapakabusog sa salita ni Cristo, at magtitiis hanggang wakas, masdan, ganito ang wika ng Ama: Kayo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan.

And now, my beloved brethren, I know by this that unless a man shall endure to the end, in following the example of the Son of the living God, he cannot be saved.

Wherefore, do the things which I have told you I have seen that your Lord and your Redeemer should do; for, for this cause have they been shown unto me, that ye might know the gate by which ye should enter. For the gate by which ye should enter is repentance and baptism by water; and then cometh a remission of your sins by fire and by the Holy Ghost.

And then are ye in this strait and narrow path which leads to eternal life; yea, ye have entered in by the gate; ye have done according to the commandments of the Father and the Son; and ye have received the Holy Ghost, which witnesses of the Father and the Son, unto the fulfilling of the promise which he hath made, that if ye entered in by the way ye should receive.

And now, my beloved brethren, after ye have gotten into this strait and narrow path, I would ask if all is done? Behold, I say unto you, Nay; for ye have not come thus far save it were by the word of Christ with unshaken faith in him, relying wholly upon the merits of him who is mighty to save.

Wherefore, ye must press forward with a steadfastness in Christ, having a perfect brightness of hope, and a love of God and of all men. Wherefore, if ye shall press forward, feasting upon the word of Christ, and endure to the end, behold, thus saith the Father: Ye shall have eternal life.

21 At ngayon, masdan, mga minamahal kong kapatid, ito ang daan; at walang ibang daan ni pangalang ibinigay sa silong ng langit upang ang tao ay maligtas sa kaharian ng Diyos. At ngayon, masdan, ito ang doktrina ni Cristo, at ang tangi at tunay na doktrina ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo, na isang Diyos, na walang katapusan. Amen.

And now, behold, my beloved brethren, this is the way; and there is none other way nor name given under heaven whereby man can be saved in the kingdom of God. And now, behold, this is the doctrine of Christ, and the only and true doctrine of the Father, and of the Son, and of the Holy Ghost, which is one God, without end. Amen.

## 2 Nephi 32

- 1 At ngayon, masdan, mga minamahal kong kapatid, sa aking pakiwari ay parang inyong binubulay-bulay pa sa inyong mga puso ang hinggil sa mga yaong nararapat ninyong gawin pagkatapos na kayo ay makapasok sa daan. Datapwat masdan, bakit ninyo binubulay-bulay ang mga bagay na ito sa inyong mga puso?
- 2 Hindi ba ninyo natatandaan na sinabi ko sa inyo na makaraan ninyong matanggap ang Espiritu Santo na kayo ay makapagsasalita sa wika ng mga anghel? At ngayon, paano kayo makapagsasalita sa wika ng mga anghel maliban kung ito ay sa pamamagitan ng Espiritu Santo?
- 3 Ang mga anghel ay nagsasalita sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo; anupa't, nangungusap sila ng mga salita ni Cristo. Samakatwid, sinabi ko sa inyo, magpakabusog kayo sa mga salita ni Cristo; sapagkat masdan, ang mga salita ni Cristo ang magsasabi sa inyo ng lahat ng bagay na dapat ninyong gawin.
- 4 Samakatwid, ngayon matapos kong sabihin ang mga salitang ito, kung hindi ninyo naunawaan ang mga ito, iyan ay dahil sa hindi kayo humihingi, ni kayo ay kumakatok; kaya nga, hindi kayo nadadala sa liwanag, kundi tiyak na masasawi sa kadiliman.
- 5 Sapagkat masdan, muli kong sinasabi sa inyo na kung kayo ay papasok sa daan, at tatanggapin ang Espiritu Santo, iyon ang magbibigay-alam sa inyo ng lahat ng bagay na nararapat ninyong gawin.
- 6 Masdan, ito ang doktrina ni Cristo, at wala nang doktrinang ibibigay pa hanggang sa siya ay magpakita ng kanyang sarili sa inyo sa laman. At kapag siya ay nagpakita na ng kanyang sarili sa inyo sa laman, ang mga bagay na sasabihin niya sa inyo ay inyong gawin.
- 7 At ngayon, ako, si Nephi, ay hindi na makasasalita pa; pinipigil ng Espiritu ang aking pagsasalita, at ako ay naiwan upang magdalamhati dahil sa kawalangpaniniwala, at sa kasamaan, at sa kamangmangan, at sa katigasan ng leeg ng mga tao; sapagkat ayaw nilang magsaliksik ng kaalaman, ni makaunawa ng dakilang kaalaman, samantalang ibinibigay ito sa kanila nang buong linaw, maging kasinglinaw ng isang salita.

## 2 Nephi 32

And now, behold, my beloved brethren, I suppose that ye ponder somewhat in your hearts concerning that which ye should do after ye have entered in by the way. But, behold, why do ye ponder these things in your hearts?

Do ye not remember that I said unto you that after ye had received the Holy Ghost ye could speak with the tongue of angels? And now, how could ye speak with the tongue of angels save it were by the Holy Ghost?

Angels speak by the power of the Holy Ghost; wherefore, they speak the words of Christ. Wherefore, I said unto you, feast upon the words of Christ; for behold, the words of Christ will tell you all things what ye should do.

Wherefore, now after I have spoken these words, if ye cannot understand them it will be because ye ask not, neither do ye knock; wherefore, ye are not brought into the light, but must perish in the dark.

For behold, again I say unto you that if ye will enter in by the way, and receive the Holy Ghost, it will show unto you all things what ye should do.

Behold, this is the doctrine of Christ, and there will be no more doctrine given until after he shall manifest himself unto you in the flesh. And when he shall manifest himself unto you in the flesh, the things which he shall say unto you shall ye observe to do.

And now I, Nephi, cannot say more; the Spirit stoppeth mine utterance, and I am left to mourn because of the unbelief, and the wickedness, and the ignorance, and the stiffneckedness of men; for they will not search knowledge, nor understand great knowledge, when it is given unto them in plainness, even as plain as word can be.

8 At ngayon, mga minamahal kong kapatid, nadarama kong nagbubulay-bulay pa kayo sa inyong mga puso; at nakalulungkot iyon sa akin na ako ay kinakailangang magsalita hinggil sa bagay na ito. Sapagkat kung kayo ay makikinig sa Espiritung nagtuturo sa tao na manalangin, malalaman ninyong kinakailangan kayong manalangin; sapagkat ang masamang espiritu ay hindi nagtuturo sa tao na manalangin, sa halip nagtuturo sa kanya na huwag siyang manalangin.

9 Ngunit masdan, sinasabi ko sa inyo na kinakailangan kayong laging manalangin, at huwag manghina; na huwag ninyong isasagawa ang anumang bagay sa Panginoon maliban sa kayo ay mananalangin muna sa Ama sa pangalan ni Cristo, upang kanyang ilaan ang inyong pagganap sa kanya, nang ang inyong pagganap ay maging para sa kapakanan ng inyong mga kaluluwa.

And now, my beloved brethren, I perceive that ye ponder still in your hearts; and it grieveth me that I must speak concerning this thing. For if ye would hearken unto the Spirit which teacheth a man to pray, ye would know that ye must pray; for the evil spirit teacheth not a man to pray, but teacheth him that he must not pray.

But behold, I say unto you that ye must pray always, and not faint; that ye must not perform any thing unto the Lord save in the first place ye shall pray unto the Father in the name of Christ, that he will consecrate thy performance unto thee, that thy performance may be for the welfare of thy soul.



## 2 Nephi 33

- 1 At ngayon ako, si Nephi, ay hindi maisusulat ang lahat ng bagay na itinuro sa aking mga tao; ni ako ay hindi magaling sa pagsusulat, na tulad sa pagsasalita; sapagkat kapag ang isang tao ay nagsasalita sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ang nagdadala nito sa puso ng mga anak ng tao.
- 2 Datapwat masdan, marami ang pinatitigas ang kanilang mga puso laban sa Banal na Espiritu, kaya hindi ito magkaroon ng puwang sa kanila, anupa't kanilang itinapon ang mga bagay na naisulat at itinuring yaon na mga bagay na walang kabuluhan.
- 3 Datapwat ako, si Nephi, ay isinulat na ang aking naisulat, at itinuturing ko ito na may malaking kahalagahan, at lalung-lalo na sa aking mga tao. Sapagkat ako ay patuloy na dumadalangin para sa kanila sa araw, at nababasa ng luha ang aking unan sa gabi, dahil sa kanila; at ako ay sumasamo sa aking Diyos nang may pananampalataya, at alam kong diringgin niya ang aking pagsusumamo.
- 4 At alam kong ilalaan ng Panginoong Diyos ang aking mga dalangin para sa kapakinabangan ng aking mga tao. At ang mga salitang aking isinulat sa kahinaan ay palalakasin para sa kanila; sapagkat ito ay humihikayat sa kanila na gumawa ng mabuti; ipinaalam nito sa kanila ang tungkol sa kanilang mga ama; at ito ay nangungusap tungkol kay Jesus, at hinihikayat silang maniwala sa kanya, at magtiis hanggang wakas, na siyang buhay na walang hanggan.
- 5 At ito ay nagsasalita nang marahas laban sa kasalanan, alinsunod sa kalinawan ng katotohanan; anupa't walang taong magagalit sa mga salitang aking isinulat maliban sa siya ay sa espiritu ng diyablo.
- 6 Ako ay nagpupuri sa kalinawan; ako ay nagpupuri sa katotohanan; ako ay nagpupuri sa aking Jesus, sapagkat kanyang tinubos ang aking kaluluwa mula sa impiyerno.
- 7 May pag-ibig ako sa aking mga tao, at malaking pananampalataya kay Cristo na matatagpuan ko ang maraming kaluluwa na walang bahid-dungis sa kanyang hukumang-luklukan.

## 2 Nephi 33

And now I, Nephi, cannot write all the things which were taught among my people; neither am I mighty in writing, like unto speaking; for when a man speaketh by the power of the Holy Ghost the power of the Holy Ghost carrieth it unto the hearts of the children of men.

But behold, there are many that harden their hearts against the Holy Spirit, that it hath no place in them; wherefore, they cast many things away which are written and esteem them as things of naught.

But I, Nephi, have written what I have written, and I esteem it as of great worth, and especially unto my people. For I pray continually for them by day, and mine eyes water my pillow by night, because of them; and I cry unto my God in faith, and I know that he will hear my cry.

And I know that the Lord God will consecrate my prayers for the gain of my people. And the words which I have written in weakness will be made strong unto them; for it persuadeth them to do good; it maketh known unto them of their fathers; and it speaketh of Jesus, and persuadeth them to believe in him, and to endure to the end, which is life eternal.

And it speaketh harshly against sin, according to the plainness of the truth; wherefore, no man will be angry at the words which I have written save he shall be of the spirit of the devil.

I glory in plainness; I glory in truth; I glory in my Jesus, for he hath redeemed my soul from hell.

I have charity for my people, and great faith in Christ that I shall meet many souls spotless at his judgment-seat.

- 8 May pag-ibig ako sa mga Judio—Sinasabi kong Judio, dahil ang ibig kong tukuyin ay sila na galing sa aking pinagmulan.
- 9 May pag-ibig din ako sa mga Gentil. Ngunit masdan, wala sa mga ito ang maaasahan ko maliban kung sila ay makipagkasundo kay Cristo, at pumasok sa makitid na pasukan at lumakad sa makipot na landas patungo sa buhay, at magpatuloy sa landas hanggang sa wakas ng araw ng pagsubok.
- 10 At ngayon, mga minamahal kong kapatid, at gayundin sa mga Judio, at lahat kayong nasa mga dulo ng mundo, makinig sa mga salitang ito at maniwala kay Cristo; at kung hindi kayo naniniwala sa mga salitang ito ay maniwala kay Cristo. At kung maniniwala kayo kay Cristo ay maniniwala kayo sa mga salitang ito, sapagkat ang mga salitang ito ay mga salita ni Cristo, at kanyang ibinigay ang mga ito sa akin; at ang mga ito ay nagtuturo sa lahat ng tao na nararapat silang gumawa ng mabuti.
- 11 At kung ang mga ito ay hindi mga salita ni Cristo, hatulan ninyo—sapagkat ipakikita ni Cristo sa inyo, sa kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian, na ang mga ito ay kanyang mga salita, sa huling araw; at kayo at ako ay harap-harapang tatayo sa harapan ng kanyang hukuman at malalaman ninyo na ako ay inutusan niyang isulat ang mga bagay na ito sa kabila ng aking kahinaan.
- 12 At ako ay dumadalangin sa Ama sa pangalan ni Cristo, na ang marami sa atin, kung hindi man lahat, ay maligtas sa kanyang kaharian sa dakila at huling araw na yaon.
- 13 At ngayon, mga minamahal kong kapatid, lahat kayo na nabibilang sa sambahayan ni Israel, at lahat kayo na nasa mga dulo ng mundo, nagsasalita ako sa inyo gaya ng tinig ng isang sumisigaw mula sa alabok: Paalam hanggang sa dumating ang dakilang araw na yaon.
- 14 At kayong hindi makikibahagi sa kabaitan ng Diyos, at gumagalang sa mga salita ng mga Judio, at gayundin sa aking mga salita, at sa mga salitang mamumutawi sa bibig ng Kordero ng Diyos, masdan, magpapaalam ako sa inyo ng walang hanggang pamamaalam, sapagkat ang mga salitang ito ang hahatol sa inyo sa huling araw.

I have charity for the Jew—I say Jew, because I mean them from whence I came.

I also have charity for the Gentiles. But behold, for none of these can I hope except they shall be reconciled unto Christ, and enter into the narrow gate, and walk in the strait path which leads to life, and continue in the path until the end of the day of probation.

And now, my beloved brethren, and also Jew, and all ye ends of the earth, hearken unto these words and believe in Christ; and if ye believe not in these words believe in Christ. And if ye shall believe in Christ ye will believe in these words, for they are the words of Christ, and he hath given them unto me; and they teach all men that they should do good.

And if they are not the words of Christ, judge ye—for Christ will show unto you, with power and great glory, that they are his words, at the last day; and you and I shall stand face to face before his bar; and ye shall know that I have been commanded of him to write these things, notwithstanding my weakness.

And I pray the Father in the name of Christ that many of us, if not all, may be saved in his kingdom at that great and last day.

And now, my beloved brethren, all those who are of the house of Israel, and all ye ends of the earth, I speak unto you as the voice of one crying from the dust: Farewell until that great day shall come.

And you that will not partake of the goodness of God, and respect the words of the Jews, and also my words, and the words which shall proceed forth out of the mouth of the Lamb of God, behold, I bid you an everlasting farewell, for these words shall condemn you at the last day.

15 Sapagkat kung ano ang aking tinatakan sa lupa, ay dadalhin laban sa inyo sa hukumang-luklukan; sapagkat gayon ang iniutos ng Panginoon sa akin, at kinakailangan kong sumunod. Amen.

For what I seal on earth, shall be brought against you at the judgment bar; for thus hath the Lord commanded me, and I must obey. Amen.

# Ang Aklat ni Jacob ang Kapatid ni Nephi

*Ang mga salita ng kanyang pangangaral sa kanyang mga kapatid. Nilito niya ang isang lalaking naghabangad na lupigin ang doktrina ni Cristo. Ilang salita hinggil sa kasaysayan ng mga tao ni Nephi.*

## Jacob 1

- 1 Sapagkat masdan, ito ay nangyari na, na limampu at limang taon na ang lumipas mula ng panahong nilisan ni Lehi ang Jerusalem; samakatwid, ibinigay ni Nephi sa akin, kay Jacob, ang isang kautusan hinggil sa maliliit na lamina, kung saan ang mga bagay na ito ay nakaukit.
- 2 At ibinigay niya sa akin, kay Jacob, ang isang kautusan na dapat kong isulat sa mga laminang ito ang ilan sa mga bagay na inakala kong pinakamahalaga; na hindi ko dapat talakayin, maliban kung bahagya lamang, ang hinggil sa kasaysayan ng mga taong ito na tinatawag na mga tao ni Nephi.
- 3 Sapagkat sinabi niya na ang kasaysayan ng kanyang mga tao ay dapat iukit sa isa pa niyang mga lamina, at na dapat kong ingatan ang mga laminang ito, at ipasa ang mga ito sa aking mga binhi, sa bawat sali't salinlahi.
- 4 At kung may mga pangangaral na banal, o paghahayag na dakila, o pagpropesiya, na dapat kong iukit ang mahahalagang paksa nito sa mga laminang ito, at talakayin ang mga ito hangga't maaari, alang-alang kay Cristo, at para sa kapakanan ng aming mga tao.
- 5 Sapagkat dahil sa pananampalataya at sa labis na pag-aalaala, tunay na ipinaalam sa amin ang hinggil sa aming mga tao, kung ano man ang mga bagay na mangyayari sa kanila.
- 6 At nagkaroon din kami ng maraming paghahayag, at ng diwa ng labis na pagpopropesiya; anupa't nalalaman namin ang tungkol kay Cristo at sa kanyang kahariang darating.

# The Book of Jacob the Brother of Nephi

*The words of his preaching unto his brethren. He foundeth a man who seeketh to overthrow the doctrine of Christ. A few words concerning the history of the people of Nephi.*

## Jacob 1

For behold, it came to pass that fifty and five years had passed away from the time that Lehi left Jerusalem; wherefore, Nephi gave me, Jacob, a commandment concerning the small plates, upon which these things are engraven.

And he gave me, Jacob, a commandment that I should write upon these plates a few of the things which I considered to be most precious; that I should not touch, save it were lightly, concerning the history of this people which are called the people of Nephi.

For he said that the history of his people should be engraven upon his other plates, and that I should preserve these plates and hand them down unto my seed, from generation to generation.

And if there were preaching which was sacred, or revelation which was great, or prophesying, that I should engraven the heads of them upon these plates, and touch upon them as much as it were possible, for Christ's sake, and for the sake of our people.

For because of faith and great anxiety, it truly had been made manifest unto us concerning our people, what things should happen unto them.

And we also had many revelations, and the spirit of much prophecy; wherefore, we knew of Christ and his kingdom, which should come.

- 7 Samakatwid, masigasig kaming gumagawa sa aming mga tao, upang mahikayat namin silang lumapit kay Cristo, at makibahagi sa kabutihan ng Diyos, upang makapasok sila sa kanyang kapahingahan, na baka dahil sa anumang kadahilanan ay magsusumpa siya sa kanyang kapootan na hindi sila makapapasok, tulad sa pagpapagalit sa mga araw ng panunukso habang ang mga anak ni Israel ay nasa ilang.
- 8 Anupa't hangad namin sa Diyos na aming mahikayat ang lahat ng tao na huwag maghimagsik laban sa Diyos, upang galitin siya, kundi na ang lahat ng tao ay maniwala kay Cristo, at isaalang-alang ang kanyang kamatayan, at batahin ang kanyang krus at tiisin ang kahihyan ng sanlibutan; kaya nga, ako, si Jacob, ay tinanggap sa sarili na sundin ang kautusan ng aking kapatid na si Nephi.
- 9 Ngayon, si Nephi ay nagsimulang tumanda, at nadama niyang malapit na siyang mamatay; kaya nga, nagtalaga siya ng isang lalaki upang maging hari at tagapamahala sa kanyang mga tao sa ngayon, alinsunod sa mga paghahari ng mga hari.
- 10 Sa labis na pagmamahal na iniukol ng mga tao kay Nephi, siya na naging dakilang tagapagtanggol nila, na nagwasiwas ng espada ni Laban sa pagtatanggol sa kanila, at nagpagal nang buong panahon niya para sa kanilang kapakanan—
- 11 Anupa't labis na naghangad ang mga tao na panatilihin sa kanilang alaala ang kanyang pangalan. At sino man ang humaliling kapalit niya ay tinatawag ng mga tao na ikalawang Nephi, ikatlong Nephi, at gayon na nga, alinsunod sa mga paghahari ng mga hari; at sa gayon sila tinawag ng mga tao, hayaan kung ano mang pangalan ang naisin nila.
- 12 At ito ay nangyari na, na namatay si Nephi.
- 13 Ngayon, ang mga taong hindi mga Lamanita ay mga Nephita; gayon pa man, tinawag silang mga Nephita, Jacobeo, Josefita, Zoramita, Lamanita, Lemuelita, at Ismaelita.
- 14 Subalit ako, si Jacob, ay hindi sila kikilalanin mula ngayon sa mga ganitong pangalan, kundi tatawagin ko silang mga Lamanita na naghahangad na lipulin ang mga tao ni Nephi, at yaong malalapit kay Nephi ay tatawagin kong mga Nephita, o ang mga tao ni Nephi, alinsunod sa mga paghahari ng mga hari.

Wherefore we labored diligently among our people, that we might persuade them to come unto Christ, and partake of the goodness of God, that they might enter into his rest, lest by any means he should swear in his wrath they should not enter in, as in the provocation in the days of temptation while the children of Israel were in the wilderness.

Wherefore, we would to God that we could persuade all men not to rebel against God, to provoke him to anger, but that all men would believe in Christ, and view his death, and suffer his cross and bear the shame of the world; wherefore, I, Jacob, take it upon me to fulfil the commandment of my brother Nephi.

Now Nephi began to be old, and he saw that he must soon die; wherefore, he anointed a man to be a king and a ruler over his people now, according to the reigns of the kings.

The people having loved Nephi exceedingly, he having been a great protector for them, having wielded the sword of Laban in their defence, and having labored in all his days for their welfare—

Wherefore, the people were desirous to retain in remembrance his name. And whoso should reign in his stead were called by the people, second Nephi, third Nephi, and so forth, according to the reigns of the kings; and thus they were called by the people, let them be of whatever name they would.

And it came to pass that Nephi died.

Now the people which were not Lamanites were Nephites; nevertheless, they were called Nephites, Jacobites, Josephites, Zoramites, Lamanites, Lemuelites, and Ishmaelites.

But I, Jacob, shall not hereafter distinguish them by these names, but I shall call them Lamanites that seek to destroy the people of Nephi, and those who are friendly to Nephi I shall call Nephites, or the people of Nephi, according to the reigns of the kings.

- 15 At ngayon ito ay nangyari na, na ang mga tao ni Nephi, sa ilalim ng paghahari ng pangalawang hari, ay nagsimulang maging matigas sa kanilang mga puso, at nagpasasa sila sa masasamang gawa, tulad ni David noon na naghahangad ng maraming asawa at mga kalunya, at gayon din si Solomon na kanyang anak.
- 16 Oo, at nagsimula rin silang maghanap ng maraming ginto at pilak, at nagsimulang umangat nang bahagya sa kapalaluan.
- 17 Anupa't ako, si Jacob, ay ipinahayag sa kanila ang mga salitang ito habang tinuturuan ko sila sa templo, matapos kong matanggap ang aking tungkulin mula sa Panginoon.
- 18 Sapagkat ako, si Jacob, at ang aking kapatid na si Jose ay itinalagang mga saserdote at guro ng mga taong ito, ng kamay ni Nephi.
- 19 At tinupad namin ang aming mga tungkulin sa Panginoon, sa pagtanggap ng pananagutan, sa pagsagot sa mga kasalanan ng mga tao sa aming sariling mga ulo kung hindi namin sila tuturuan ng salita ng Diyos nang buong pagsusumigasig; anupa't sa pamamagitan ng puspusang pangangaral ay hindi marurumihan ng kanilang dugo ang aming mga kasuotan; kung hindi ay marurumihan ng kanilang mga dugo ang aming mga kasuotan, at hindi kami matatagpuang walang bahid-dungis sa huling araw.

And now it came to pass that the people of Nephi, under the reign of the second king, began to grow hard in their hearts, and indulge themselves somewhat in wicked practices, such as like unto David of old desiring many wives and concubines, and also Solomon, his son.

Yea, and they also began to search much gold and silver, and began to be lifted up somewhat in pride.

Wherefore I, Jacob, gave unto them these words as I taught them in the temple, having first obtained mine errand from the Lord.

For I, Jacob, and my brother Joseph had been consecrated priests and teachers of this people, by the hand of Nephi.

And we did magnify our office unto the Lord, taking upon us the responsibility, answering the sins of the people upon our own heads if we did not teach them the word of God with all diligence; wherefore, by laboring with our might their blood might not come upon our garments; otherwise their blood would come upon our garments, and we would not be found spotless at the last day.

## Jacob 2

- 1 Ang mga salitang sinabi ni Jacob, kapatid ni Nephi, sa mga tao ni Nephi, matapos ang pagpanaw ni Nephi:
- 2 Ngayon, mga minamahal kong kapatid, ako, si Jacob, alinsunod sa pananagutan kung saan ako ay napapasailalim sa Diyos, na tuparin ang aking tungkulin nang mataimtim, at upang malinis ko ang aking mga kasuotan sa mga kasalanan ninyo, ako ay nagtungo sa templo sa araw na ito upang ipahayag sa inyo ang salita ng Diyos.
- 3 At nalalaman na rin ninyo na noon pa ay masigasig na ako sa aking tungkulin; subalit sa panahong ito ako ay labis na nabibigatan dahil sa aking labis na paghahangad at pag-aalaala para sa kapakanan ng inyong mga kaluluwa kaysa noon.
- 4 Sapagkat masdan, sa ngayon, naging masunurin kayo sa salita ng Panginoon, na aking ibinigay sa inyo.
- 5 Subalit masdan, makinig kayo sa akin, at malaman na sa pamamagitan ng tulong ng makapangyarihang Lumikha ng langit at lupa ay maaari kong sabihin sa inyo ang hinggil sa inyong mga iniisip, kung paanong nagsisimula kayong maging makasalanan, kung aling kasalanan ay labis na karumal-dumal sa paningin ko, oo, at karumal-dumal sa Diyos.
- 6 Oo, ipinagdadalamhati ito ng aking kaluluwa at nanliliit ako sa kahihyan sa harapan ng aking Lumikha, na kinakailangan kong magpatotoo sa inyo hinggil sa kasamaan ng inyong mga puso.
- 7 At labis ko ring ipinagdadalamhati na kinakailangan akong gumamit ng matalim na pananalita hinggil sa inyo, sa harapan ng inyong mga asawa at ng inyong mga anak, marami sa kanilang mga damdamin ay labis na mapagmahal at dalisay at maselan sa harapan ng Diyos, kung aling bagay ay kasiya-siya sa Diyos;
- 8 At inaakala kong nagtungo sila rito upang makinig sa kasiya-siyang salita ng Diyos, oo, ang salitang humihilom sa sugatang kaluluwa.

## Jacob 2

The words which Jacob, the brother of Nephi, spake unto the people of Nephi, after the death of Nephi:

Now, my beloved brethren, I, Jacob, according to the responsibility which I am under to God, to magnify mine office with soberness, and that I might rid my garments of your sins, I come up into the temple this day that I might declare unto you the word of God.

And ye yourselves know that I have hitherto been diligent in the office of my calling; but I this day am weighed down with much more desire and anxiety for the welfare of your souls than I have hitherto been.

For behold, as yet, ye have been obedient unto the word of the Lord, which I have given unto you.

But behold, hearken ye unto me, and know that by the help of the all-powerful Creator of heaven and earth I can tell you concerning your thoughts, how that ye are beginning to labor in sin, which sin appeareth very abominable unto me, yea, and abominable unto God.

Yea, it grieveth my soul and causeth me to shrink with shame before the presence of my Maker, that I must testify unto you concerning the wickedness of your hearts.

And also it grieveth me that I must use so much boldness of speech concerning you, before your wives and your children, many of whose feelings are exceedingly tender and chaste and delicate before God, which thing is pleasing unto God;

And it supposeth me that they have come up hither to hear the pleasing word of God, yea, the word which healeth the wounded soul.

9 Kaya nga, nahihirapan ang aking kaluluwa na ako'y mapilitang magsalita, dahil sa mahigpit na kautusang aking tinanggap mula sa Diyos, na balaan kayo alinsunod sa inyong mabibigat na kasalanan, upang palakihin ang mga sugat ng mga yaong nasugatan na, sa halip na paginhawain at pahilumin ang kanilang mga sugat; at yaong mga hindi pa nasusugatan, sa halip na magpakabusog sa kasiyasiyang salita ng Diyos ay saksakin ng balaraw ang kanilang mga kaluluwa at sugatan ang kanilang maseselang pag-iisip.

10 Subalit, sa kabila ng kalakihan ng gawain, kinakailangang gawin ko ang naaayon sa mahigpit na ipinag-uutos ng Diyos, at sabihin sa inyo ang hinggil sa inyong kasamaan at mga karumal-dumal na gawain, sa harapan ng yaong may mga dalisay na puso, at bagbag na puso, at sa ilalim ng sulyap ng matalim na mata ng Pinakamakapangyarihang Diyos.

11 Anupa't kinakailangang sabihin ko sa inyo ang katotohanan alinsunod sa kalinawan ng salita ng Diyos. Sapagkat masdan, nang nagtanong ako sa Panginoon, ganito ang salitang dumating sa akin, sinasabing: Jacob, magtungo ka sa templo bukas, at ipahayag ang salitang aking ibibigay sa iyo sa mga taong ito.

12 At ngayon masdan, aking mga kapatid, ito ang salitang ipahahayag ko sa inyo, na marami sa inyo ang nagsisimulang maghanap ng ginto, at ng pilak, at lahat ng uri ng mahahalagang inang mina, kung saan ang lupaing ito, na isang lupang pangako sa inyo at sa inyong mga binhi, ay lubhang sagana.

13 At ang mapagpalang kamay ay buong kasiyahang nginitian kayo, kung kaya't nakatanggap kayo ng maraming kayamanan; at dahil ang ilan sa inyo ay nagtamo nang higit na marami kaysa sa inyong mga kapatid, kayo ay iniangat sa kapalaluan ng inyong mga puso, at nagpapatigas ng inyong mga leeg at nagtataas ng mga ulo dahil sa kamahalan ng inyong pananamit, at hinahamak ang inyong mga kapatid sapagkat inaakala ninyo na kayo ay nakahihigit kaysa sa kanila.

Wherefore, it burdeneth my soul that I should be constrained, because of the strict commandment which I have received from God, to admonish you according to your crimes, to enlarge the wounds of those who are already wounded, instead of consoling and healing their wounds; and those who have not been wounded, instead of feasting upon the pleasing word of God have daggers placed to pierce their souls and wound their delicate minds.

But, notwithstanding the greatness of the task, I must do according to the strict commands of God, and tell you concerning your wickedness and abominations, in the presence of the pure in heart, and the broken heart, and under the glance of the piercing eye of the Almighty God.

Wherefore, I must tell you the truth according to the plainness of the word of God. For behold, as I inquired of the Lord, thus came the word unto me, saying: Jacob, get thou up into the temple on the morrow, and declare the word which I shall give thee unto this people.

And now behold, my brethren, this is the word which I declare unto you, that many of you have begun to search for gold, and for silver, and for all manner of precious ores, in the which this land, which is a land of promise unto you and to your seed, doth abound most plentifully.

And the hand of providence hath smiled upon you most pleasingly, that you have obtained many riches; and because some of you have obtained more abundantly than that of your brethren ye are lifted up in the pride of your hearts, and wear stiff necks and high heads because of the costliness of your apparel, and persecute your brethren because ye suppose that ye are better than they.



- 14 At ngayon, aking mga kapatid, sa akala ba ninyo ang Diyos ay pawawalang-sala kayo sa bagay na ito? Masdan, sinasabi ko sa inyo, Hindi. Kundi isinusumpa niya kayo, at kung kayo ay magpupumilit sa mga bagay na ito, ang kanyang mga paghahatol ay tiyak na madaling sasapit sa inyo.
- 15 O kung kanyang ipakikita sa inyo na kaya niya kayong duruin, at sa isang sulyap ng kanyang mata ay maaari niya kayong bagabagin hanggang sa maging alabok!
- 16 O kung kanyang pawawalan kayo mula sa kasamaang ito at karumal-dumal na gawain. At, O kung makikinig kayo sa salita na kanyang ipinag-uutos, at huwag hayaang wasakin ng inyong mapagpalalong puso ang inyong mga kaluluwa!
- 17 Ituring ang inyong mga kapatid nang tulad sa inyong sarili, at maging malapit sa lahat at mapagbigay sa inyong pag-aari, upang yumaman silang tulad ninyo.
- 18 Subalit bago kayo maghanap ng mga kayamanan, hanapin muna ninyo ang kaharian ng Diyos.
- 19 At matapos kayong makatamo ng pag-asa kay Cristo kayo ay makatatamo ng mga kayamanan, kung inyo itong hahanapin; at hahanapin ninyo ito para sa hangaring gumawa ng kabutihan—upang damitan ang hubad, at pakainin ang nagugutom, at palayain ang bihag, at bigyang-ginhawa ang may karamdaman, at ang naghihirap.
- 20 At ngayon, aking mga kapatid, nagsalita ako sa inyo hinggil sa kapalaluan; at ang ilan sa inyo na nagpahirap sa inyong kapwa, at hinamak siya dahil sa kapalaluan ng inyong puso, sa mga bagay na ibinigay sa inyo ng Diyos, ano ang masasabi ninyo rito?
- 21 Hindi ba ninyo ipinalalagay na ang mga gayong bagay ay karumal-dumal sa kanya na lumikha sa lahat ng tao? At ang bawat nilikha ay magkakasinghalaga sa kanyang paningin. At ang lahat ng tao ay mula sa alabok; at sa gayon ding layunin kanya silang nilikha, na dapat nilang sundin ang kanyang mga kautusan at papurihan siya magpakailanman.

And now, my brethren, do ye suppose that God justifieth you in this thing? Behold, I say unto you, Nay. But he condemneth you, and if ye persist in these things his judgments must speedily come unto you.

O that he would show you that he can pierce you, and with one glance of his eye he can smite you to the dust!

O that he would rid you from this iniquity and abomination. And, O that ye would listen unto the word of his commands, and let not this pride of your hearts destroy your souls!

Think of your brethren like unto yourselves, and be familiar with all and free with your substance, that they may be rich like unto you.

But before ye seek for riches, seek ye for the kingdom of God.

And after ye have obtained a hope in Christ ye shall obtain riches, if ye seek them; and ye will seek them for the intent to do good—to clothe the naked, and to feed the hungry, and to liberate the captive, and administer relief to the sick and the afflicted.

And now, my brethren, I have spoken unto you concerning pride; and those of you which have afflicted your neighbor, and persecuted him because ye were proud in your hearts, of the things which God hath given you, what say ye of it?

Do ye not suppose that such things are abominable unto him who created all flesh? And the one being is as precious in his sight as the other. And all flesh is of the dust; and for the selfsame end hath he created them, that they should keep his commandments and glorify him forever.

- 22 At ngayon tinatapos ko ang aking sinasabi sa inyo hinggil sa kapalaluang ito. At kung hindi lamang kinakailangang magsalita ako sa inyo hinggil sa higit na mabigat na kasalanan, labis na magsasaya ang aking puso dahil sa inyo.
- 23 Subalit pinahihirapan ako ng salita ng Diyos dahil sa higit na mabibigat ninyong kasalanan. Sapagkat masdan, ganito ang wika ng Panginoon: Ang mga taong ito ay nagsisimulang mabuhay sa kasalanan; hindi nila nauunawaan ang mga banal na kasulatan, sapagkat hinahangad nilang pangatwiranan ang kanilang sarili sa paggawa ng mga pagpapatutot, dahil sa mga bagay na nasusulat hinggil kay David, at kay Solomon na kanyang anak.
- 24 Masdan, tunay na sina David at Solomon ay maraming asawa at kalunya, kung aling bagay ay karumal-dumal sa aking harapan, wika ng Panginoon.
- 25 Anupa't ganito ang wika ng Panginoon, inakay ko ang mga taong ito palabas ng lupain ng Jerusalem, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng aking bisig, upang makapagbangon ako ng isang mabuting sanga mula sa bunga ng balakang ni Jose.
- 26 Kaya nga, ako ang Panginoong Diyos ay hindi pahihintulutan ang mga taong ito na gawin ang tulad ng ginawa nila noon.
- 27 Kung gayon, aking mga kapatid, makinig sa akin, at makinig sa mga salita ng Panginoon: Sapagkat walang sino mang lalaki sa inyo ang magkakaroon maliban sa isang asawa; at hindi siya magkakaroon ng mga kalunya;
- 28 Sapagkat ako, ang Panginoong Diyos, ay nalulugod sa kalinisang puri ng mga babae. At ang pagpapatutot ay karumal-dumal sa aking harapan; ganito ang wika ng Panginoon ng mga Hukbo.
- 29 Samakatwid, susundin ng mga taong ito ang aking mga kautusan, wika ng Panginoon ng mga Hukbo, o susumpain ang lupain dahil sa kanila.
- 30 Sapagkat kung loloobin ko, wika ng Panginoon ng mga Hukbo, na magbangon ng mga binhi sa akin, ay uutusan ko ang aking mga tao; kung hindi ay makikinig sila sa mga bagay na ito.

And now I make an end of speaking unto you concerning this pride. And were it not that I must speak unto you concerning a grosser crime, my heart would rejoice exceedingly because of you.

But the word of God burdens me because of your grosser crimes. For behold, thus saith the Lord: This people begin to wax in iniquity; they understand not the scriptures, for they seek to excuse themselves in committing whoredoms, because of the things which were written concerning David, and Solomon his son.

Behold, David and Solomon truly had many wives and concubines, which thing was abominable before me, saith the Lord.

Wherefore, thus saith the Lord, I have led this people forth out of the land of Jerusalem, by the power of mine arm, that I might raise up unto me a righteous branch from the fruit of the loins of Joseph.

Wherefore, I the Lord God will not suffer that this people shall do like unto them of old.

Wherefore, my brethren, hear me, and hearken to the word of the Lord: For there shall not any man among you have save it be one wife; and concubines he shall have none;

For I, the Lord God, delight in the chastity of women. And whoredoms are an abomination before me; thus saith the Lord of Hosts.

Wherefore, this people shall keep my commandments, saith the Lord of Hosts, or cursed be the land for their sakes.

For if I will, saith the Lord of Hosts, raise up seed unto me, I will command my people; otherwise they shall hearken unto these things.

31 Sapagkat masdan, ako, ang Panginoon, ay nakita ang kalungkutan, at narinig ang pagdadalamhati ng mga anak na babae ng aking mga tao sa lupain ng Jerusalem, oo, at sa lahat ng lupain ng aking mga tao, dahil sa kasamaan at mga karumal-dumal na gawain ng kanilang mga asawa.

32 At hindi ko pahihintulutan, wika ng Panginoon ng mga Hukbo, na ang panangis ng mga kaaya-ayang anak na babae ng mga taong ito, na aking inakay palabas ng lupain ng Jerusalem, ay makarating sa akin laban sa kalalakihan ng aking mga tao, wika ng Panginoon ng mga Hukbo.

33 Sapagkat hindi nila madadalang bihag ang mga anak na babae ng aking mga tao dahil sa sila ay mapagmahal, kundi ay akin silang parurusahan ng masidhing sumpa, maging hanggang sa pagkalipol; sapagkat hindi sila gagawa ng pagpapatutot, tulad nila noon, wika ng Panginoon ng mga Hukbo.

34 At ngayon, masdan, aking mga kapatid, nalalaman ninyo na ang mga kautusang ito ay ibinigay sa ating ama, si Lehi; kaya nga, alam na ninyo ang mga yaon noong una pa; at nakarating kayo sa masidhing sumpa; sapagkat ginawa ninyo ang mga bagay na ito na hindi ninyo dapat ginawa.

35 Masdan, nakagawa kayo ng higit na kasamaan kaysa sa mga Lamanita, na ating mga kapatid. Sinaktan ninyo ang mga puso ng inyong mga mapagmahal na asawa, at nawala ang tiwala ng inyong mga anak, dahil sa inyong masasamang halimbawa sa kanila; at ang mga hinaing ng kanilang mga puso ay nakararating sa Diyos laban sa inyo. At dahil sa kahigpitan ng salita ng Diyos, na tumutuligsa sa inyo, maraming puso ang namatay, nasugatan nang malalim.

For behold, I, the Lord, have seen the sorrow, and heard the mourning of the daughters of my people in the land of Jerusalem, yea, and in all the lands of my people, because of the wickedness and abominations of their husbands.

And I will not suffer, saith the Lord of Hosts, that the cries of the fair daughters of this people, which I have led out of the land of Jerusalem, shall come up unto me against the men of my people, saith the Lord of Hosts.

For they shall not lead away captive the daughters of my people because of their tenderness, save I shall visit them with a sore curse, even unto destruction; for they shall not commit whoredoms, like unto them of old, saith the Lord of Hosts.

And now behold, my brethren, ye know that these commandments were given to our father, Lehi; wherefore, ye have known them before; and ye have come unto great condemnation; for ye have done these things which ye ought not to have done.

Behold, ye have done greater iniquities than the Lamanites, our brethren. Ye have broken the hearts of your tender wives, and lost the confidence of your children, because of your bad examples before them; and the sobbings of their hearts ascend up to God against you. And because of the strictness of the word of God, which cometh down against you, many hearts died, pierced with deep wounds.

## Jacob 3

- 1 Subalit masdan, ako, si Jacob, ay magsasalita sa inyo na may mga pusong dalisay. Umasa sa Diyos nang may katatagan ng pag-iisip, at manalangin sa kanya nang may labis na pananampalataya, at kanya kayong aaluin sa inyong mga paghihirap, at kanyang isasamo ang inyong kapakanan, at magpapataw ng katarungan sa mga yaong naghahangad ng inyong pagkalipol.
- 2 O kayong lahat na may dalisay na puso, itaas ninyo ang inyong mga ulo at tanggapin ang kasiyasiyang salita ng Diyos, at magpakabusog sa kanyang pagmamahal; sapagkat maaari ninyong gawin ito, kung matatag ang inyong mga isipan, magpakailanman.
- 3 Subalit sa aba, sa aba, sa inyo na hindi mga dalisay ang puso, na sa ngayon ay marurumi sa harapan ng Diyos; sapagkat maliban kung magsisipagsisi kayo ang lupain ay masusumpa dahil sa inyo; at ang mga Lamanita, na hindi maruruming tulad ninyo, gayon pa man sila ay isinumpa ng masidhing sumpa, ay pahihirapan kayo maging tungo sa pagkalipol.
- 4 At madaling darating ang panahon, na maliban kung magsisipagsisi kayo, ay aangkinin nila ang lupaing inyong pamana, at aakaying palayo ng Panginoong Diyos ang mabubuti mula sa inyo.
- 5 Masdan, ang mga Lamanita na inyong mga kapatid, na inyong kinapopootan dahil sa kanilang karumihan at sa sumpang sumapit sa kanilang mga balat, ay higit na mabubuti kaysa sa inyo; sapagkat hindi nila nalilimutan ang kautusan ng Panginoon, na ibinigay sa ating ama—na sila ay nararapat magkaroon maliban sa isang asawa lamang, at hindi nararapat na magkaroon ng mga kalunya, at hindi gagawa ng pagpapatutot sa kanila.
- 6 At ngayon, kanilang sinusunod ang kautusang ito, anupa't sa pagtupad na ito, sa pagsunod sa kautusang ito, sila ay hindi lilipulin ng Panginoong Diyos, kundi magiging maawain sa kanila; at darating ang araw na sila ay magiging mga pinagpalang tao.

## Jacob 3

But behold, I, Jacob, would speak unto you that are pure in heart. Look unto God with firmness of mind, and pray unto him with exceeding faith, and he will console you in your afflictions, and he will plead your cause, and send down justice upon those who seek your destruction.

O all ye that are pure in heart, lift up your heads and receive the pleasing word of God, and feast upon his love; for ye may, if your minds are firm, forever.

But, wo, wo, unto you that are not pure in heart, that are filthy this day before God; for except ye repent the land is cursed for your sakes; and the Lamanites, which are not filthy like unto you, nevertheless they are cursed with a sore cursing, shall scourge you even unto destruction.

And the time speedily cometh, that except ye repent they shall possess the land of your inheritance, and the Lord God will lead away the righteous out from among you.

Behold, the Lamanites your brethren, whom ye hate because of their filthiness and the cursing which hath come upon their skins, are more righteous than you; for they have not forgotten the commandment of the Lord, which was given unto our father—that they should have save it were one wife, and concubines they should have none, and there should not be whoredoms committed among them.

And now, this commandment they observe to keep; wherefore, because of this observance, in keeping this commandment, the Lord God will not destroy them, but will be merciful unto them; and one day they shall become a blessed people.

- 7 Masdan, mahal ng kalalakihan ang kanilang mga asawa, at mahal ng kababaihan ang kanilang mga asawa; at mahal ng mga ama at ina ang kanilang mga anak; at ang kanilang kawalang-paniniwala at kapootan sa inyo ay dahil sa kasamaan ng kanilang mga ama; kung gayon, gaano kayo kabuti kaysa sa kanila, sa paningin ng inyong dakilang Lumikha?
- 8 O aking mga kapatid, ako ay natatakot na maliban sa kayo ay magsipagsisi ng inyong mga kasalanan na ang kanilang mga balat ay magiging mas mapuputi pa kaysa sa inyo, kapag kayo ay dadalhing kasama nila sa harapan ng trono ng Diyos.
- 9 Anupa't ako ay nagbibigay sa inyo ng isang kautusan, na salita ng Diyos, na huwag na ninyong laitin pa sila dahil sa kaitiman ng kanilang mga balat; ni ang sila ay laitin dahil sa kanilang karumihan; kundi alalahanin ang inyong sariling karumihan, at tandaan na ang kanilang karumihan ay dahil sa kanilang mga ama.
- 10 Samakatwid, alalahanin ninyo ang inyong mga anak, kung paano ninyo sinaktan ang kanilang mga puso dahil sa halimbawang inyong ipinakita sa kanila; at gayon din, pakatandaan na maaari ninyo, dahil sa inyong karumihan, dalhin ang inyong mga anak sa pagkalipol, at ipapataw sa mga ulo ninyo ang kanilang mga kasalanan sa huling araw.
- 11 O aking mga kapatid, pakinggan ang aking mga salita; gisingin ang mga kakayahan ng inyong mga kaluluwa; tigatigin ang inyong sarili upang magising mula sa pagkakahimbing ng kamatayan; at magsitakas kayo mula sa pasakit ng impiyerno upang kayo ay hindi maging mga anghel sa diyablo, upang itapon sa yaong lawa ng apoy at asupre na ikalawang kamatayan.
- 12 At ngayon ako, si Jacob, ay nangusap ng marami pang bagay sa mga tao ni Nephi, binalaan sila laban sa pangangalunya at kahalayan, at lahat ng uri ng kasalanan, sinasabi sa kanila ang kakila-kilabot na ibubunga ng mga yaon.
- 13 At ang ika-isandaang bahagi ng pangyayari sa mga taong ito, na ngayon ay nagsisimula nang dumami, ay hindi maisusulat sa mga laminang ito; subalit marami sa mga nangyari sa kanila ang nasusulat sa malalaking lamina, at ang kanilang mga digmaan, at ang kanilang mga alitan, at ang paghahari ng kanilang mga hari.

Behold, their husbands love their wives, and their wives love their husbands; and their husbands and their wives love their children; and their unbelief and their hatred towards you is because of the iniquity of their fathers; wherefore, how much better are you than they, in the sight of your great Creator?

O my brethren, I fear that unless ye shall repent of your sins that their skins will be whiter than yours, when ye shall be brought with them before the throne of God.

Wherefore, a commandment I give unto you, which is the word of God, that ye revile no more against them because of the darkness of their skins; neither shall ye revile against them because of their filthiness; but ye shall remember your own filthiness, and remember that their filthiness came because of their fathers.

Wherefore, ye shall remember your children, how that ye have grieved their hearts because of the example that ye have set before them; and also, remember that ye may, because of your filthiness, bring your children unto destruction, and their sins be heaped upon your heads at the last day.

O my brethren, hearken unto my words; arouse the faculties of your souls; shake yourselves that ye may awake from the slumber of death; and loose yourselves from the pains of hell that ye may not become angels to the devil, to be cast into that lake of fire and brimstone which is the second death.

And now I, Jacob, spake many more things unto the people of Nephi, warning them against fornication and lasciviousness, and every kind of sin, telling them the awful consequences of them.

And a hundredth part of the proceedings of this people, which now began to be numerous, cannot be written upon these plates; but many of their proceedings are written upon the larger plates, and their wars, and their contentions, and the reigns of their kings.

14 Ang mga laminang ito ay tinatawag na mga lamina ni Jacob, at ito ay ginawa ng mga kamay ni Nephi. At nagtatapos ako sa pangungusap ng mga salitang ito.

These plates are called the plates of Jacob, and they were made by the hand of Nephi. And I make an end of speaking these words.

## Jacob 4

- 1 Ngayon masdan, ito ay nangyari na, na ako, si Jacob, matapos mangaral nang husto sa aking mga tao sa salita, at hindi ko maisusulat maliban sa maliit na bahagi ng aking mga salita dahil sa kahirapan ng pag-uukit ng aming salita sa mga lamina at nalalaman namin na ang mga bagay na aming isinusulat sa mga lamina ay kinakailangang manatili;
- 2 Subalit anuman ang aming isusulat sa alinmang bagay maliban sa mga lamina ay masisira at mawawala; subalit makasusulat kami ng ilang salita sa mga lamina, na makapagbibigay sa aming mga anak, at gayon din sa aming mga minamahal na kapatid, ng kaunting kaalaman hinggil sa amin, o hinggil sa kanilang mga ama—
- 3 Ngayon, kami ay nagsasaya sa bagay na ito; at masigasig kaming gumagawa upang maiukit ang mga salitang ito sa mga lamina, umaasang tatanggapin ang mga yaon ng aming mga minamahal na kapatid at aming mga anak nang may pasasalamat sa kanilang mga puso, at sasaliksikin ang mga yaon upang malaman nila nang may kagalakan at hindi sa kalungkutan, ni paghamak, ang hinggil sa kanilang mga unang magulang.
- 4 Sapagkat, sa layuning ito kaya isinulat namin ang mga bagay na ito, upang kanilang malaman na alam namin ang tungkol kay Cristo, at nagkaroon kami ng pag-asa sa kanyang kaluwalhatian maraming daang taon bago pa ang kanyang pagparito; at hindi lamang kami ang nagkaroon ng pag-asa sa aming sarili sa kanyang kaluwalhatian, kundi maging ang lahat ng banal na propetang nauna sa amin.
- 5 Masdan, sila ay naniwala kay Cristo at sinamba ang Ama sa kanyang pangalan, at amin ding sinasamba ang Ama sa kanyang pangalan. At sa hangaring ito kaya namin sinusunod ang mga batas ni Moises, itinuturo ang aming mga kaluluwa sa kanya; at sa kadahilanang ito pinabanal ito sa amin para sa kabutihan, maging tulad ng pagsasaalang-alang kay Abraham sa ilang upang maging masunurin sa mga utos ng Diyos sa pag-aalay ng kanyang anak na si Isaac, na isang kahalintulad ng Diyos at ng kanyang Bugtong na Anak.

## Jacob 4

Now behold, it came to pass that I, Jacob, having ministered much unto my people in word, (and I cannot write but a little of my words, because of the difficulty of engraving our words upon plates) and we know that the things which we write upon plates must remain;

But whatsoever things we write upon anything save it be upon plates must perish and vanish away; but we can write a few words upon plates, which will give our children, and also our beloved brethren, a small degree of knowledge concerning us, or concerning their fathers—

Now in this thing we do rejoice; and we labor diligently to engraven these words upon plates, hoping that our beloved brethren and our children will receive them with thankful hearts, and look upon them that they may learn with joy and not with sorrow, neither with contempt, concerning their first parents.

For, for this intent have we written these things, that they may know that we knew of Christ, and we had a hope of his glory many hundred years before his coming; and not only we ourselves had a hope of his glory, but also all the holy prophets which were before us.

Behold, they believed in Christ and worshiped the Father in his name, and also we worship the Father in his name. And for this intent we keep the law of Moses, it pointing our souls to him; and for this cause it is sanctified unto us for righteousness, even as it was accounted unto Abraham in the wilderness to be obedient unto the commands of God in offering up his son Isaac, which is a similitude of God and his Only Begotten Son.

- 6 Anupa't aming sinasaliksik ang mga propeta, at marami kaming mga paghahayag at diwa ng propesiya; at taglay ang lahat ng patotoong ito kami ay nagtamo ng pag-asa, at ang aming pananampalataya ay naging matatag, kung kaya nga't tunay na nakapag-uutos kami sa pangalan ni Jesus at sinusunod kami maging ng mga punungkahoy, o ng mga bundok, o ng mga alon sa dagat.
- 7 Gayon pa man, ipinaalam sa amin ng Panginoong Diyos ang aming kahinaan upang malaman namin na dahil sa kanyang biyaya, at kanyang dakilang pagpapakababa sa mga anak ng tao, kung kaya't may kapangyarihan kaming gawin ang mga bagay na ito.
- 8 Masdan, dakila at kagila-gilalas ang mga gawain ng Panginoon. O kayhirap tarukin ang kalaliman ng kanyang mga hiwaga; at hindi maaaring malaman ng tao ang lahat ng kanyang pamamaraan. At walang sino man ang nakaaalam ng kanyang mga pamamaraan maliban kung ipahahayag ito sa kanya; kaya nga, mga kapatid, huwag hamakin ang mga paghahayag ng Diyos.
- 9 Sapagkat masdan, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kanyang salita ay nalikha ang tao sa ibabaw ng mundo, kung aling mundo ay nilikha sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kanyang salita. Anupa't kung ang Diyos ay may kakayahang magsalita at ang daigdig ay nalikha, at nagsalita at nalikha ang tao, O ngayon, bakit hindi magagawang utusan ang mundo, o ang likha ng kanyang mga kamay sa ibabaw nito, alinsunod sa kanyang kalooban at kasiyahan?
- 10 Kaya nga, mga kapatid, huwag hangaring pagpayuhan ang Panginoon, kundi tumanggap ng payo mula sa kanyang kamay. Sapagkat masdan, kayo na rin sa inyong sarili ay nalalamang nagpapayo siya sa karunungan, at sa katarungan, at sa dakilang pagkaawa, sa lahat ng kanyang gawa.

Wherefore, we search the prophets, and we have many revelations and the spirit of prophecy; and having all these witnesses we obtain a hope, and our faith becometh unshaken, insomuch that we truly can command in the name of Jesus and the very trees obey us, or the mountains, or the waves of the sea.

Nevertheless, the Lord God showeth us our weakness that we may know that it is by his grace, and his great condescensions unto the children of men, that we have power to do these things.

Behold, great and marvelous are the works of the Lord. How unsearchable are the depths of the mysteries of him; and it is impossible that man should find out all his ways. And no man knoweth of his ways save it be revealed unto him; wherefore, brethren, despise not the revelations of God.

For behold, by the power of his word man came upon the face of the earth, which earth was created by the power of his word. Wherefore, if God being able to speak and the world was, and to speak and man was created, O then, why not able to command the earth, or the workmanship of his hands upon the face of it, according to his will and pleasure?

Wherefore, brethren, seek not to counsel the Lord, but to take counsel from his hand. For behold, ye yourselves know that he counseleth in wisdom, and in justice, and in great mercy, over all his works.



- 11 Kung gayon, mga minamahal na kapatid, makipagkasundo sa kanya sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, ang kanyang Bugtong na Anak, at maaaring matamo ninyo ang pagkabuhay na mag-uli, alinsunod sa kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli na na kay Cristo, at ihahandog bilang mga unang bunga ni Cristo sa Diyos, na may pananampalataya, at magtamo ng mabuting pag-asa sa kaluwalhatian na nasa kanya bago niya ipakita ang sarili sa laman.
- 12 At ngayon, mga minamahal, huwag mamanghang sinasabi ko sa inyo ang mga bagay na ito; sapagkat bakit hindi tayo mangungusap tungkol sa pagbabayad-sala ni Cristo, at magkaroon ng ganap na kaalaman tungkol sa kanya, tulad ng pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa pagkabuhay na mag-uli, at ng susunod na daigdig?
- 13 Masdan, aking mga kapatid, siya na nagpopropesiya, hayaan siyang magpropesiya sa ikauunawa ng tao; sapagkat ang Espiritu ay nagsasabi ng katotohanan at hindi nagsisinungaling. Anupa't nagsasabi ito ng mga bagay kung ano talaga ang mga ito, at mga bagay kung ano talaga ang magiging ito; kaya nga, ipinaalam sa amin ang mga bagay na ito nang malinaw, para sa kaligtasan ng ating mga kaluluwa. Subalit masdan, hindi kami nag-iisang mga saksi sa mga bagay na ito; sapagkat sinabi rin yaon ng Diyos sa mga propeta noon.
- 14 Subalit masdan, ang mga Judio ay mga taong matitigas ang leeg; at hinamak nila ang mga salita ng kalinawan, at pinatay ang mga propeta, at naghanged ng mga bagay na hindi nila maunawaan. Samakatwid, dahil sa kanilang pagkabulag, kung aling pagkabulag na ito ay dumating sa pamamagitan ng pagtingin nang lampas sa tanda, talagang kinakailangan silang bumagsak; sapagkat inalis ng Diyos ang kanyang kalinawan mula sa kanila, at ibinigay sa kanila ang maraming bagay na hindi nila maunawaan, sapagkat ito ang ninais nila. At dahil sa ito ang kanilang ninais kung kaya't ginawa ito ng Diyos, upang sila ay matisod.

Wherefore, beloved brethren, be reconciled unto him through the atonement of Christ, his Only Begotten Son, and ye may obtain a resurrection, according to the power of the resurrection which is in Christ, and be presented as the first-fruits of Christ unto God, having faith, and obtained a good hope of glory in him before he manifesteth himself in the flesh.

And now, beloved, marvel not that I tell you these things; for why not speak of the atonement of Christ, and attain to a perfect knowledge of him, as to attain to the knowledge of a resurrection and the world to come?

Behold, my brethren, he that prophesieth, let him prophesy to the understanding of men; for the Spirit speaketh the truth and lieth not. Wherefore, it speaketh of things as they really are, and of things as they really will be; wherefore, these things are manifested unto us plainly, for the salvation of our souls. But behold, we are not witnesses alone in these things; for God also spake them unto prophets of old.

But behold, the Jews were a stiffnecked people; and they despised the words of plainness, and killed the prophets, and sought for things that they could not understand. Wherefore, because of their blindness, which blindness came by looking beyond the mark, they must needs fall; for God hath taken away his plainness from them, and delivered unto them many things which they cannot understand, because they desired it. And because they desired it God hath done it, that they may stumble.

- 15 At ngayon, ako, si Jacob, ay inakay ng Espiritu sa pagpopropesiya; sapagkat nahiwatigan ko sa pamamagitan ng pamumukaw ng Espiritu na nasa akin, na sa pamamagitan ng pagkakatisod ng mga Judio ay kanilang tatanggihan ang bato kung saan sila makapagtatayo at magkakaroon ng ligtas na saligan.
- 16 Subalit masdan, ayon sa mga banal na kasulatan, ang batong ito ang magiging dakila, at huli, at tanging tiyak na saligan, kung saan makapagtatayo ang mga Judio.
- 17 At ngayon, aking mga minamahal, paano mangyayari na ang mga ito, matapos tanggihan ang tiyak na saligan, ay makapagtatayo rito kailanman, upang ito ay maging kanilang batong panulok?
- 18 Masdan, mga minamahal kong kapatid, aking ilalahad ang hiwagang ito sa inyo; kung hindi ako, sa anumang pagkakataon, ay mayayanig mula sa aking katatagan sa Espiritu, at matisod dahil sa aking labis na pag-aalaala sa inyo.

And now I, Jacob, am led on by the Spirit unto prophesying; for I perceive by the workings of the Spirit which is in me, that by the stumbling of the Jews they will reject the stone upon which they might build and have safe foundation.

But behold, according to the scriptures, this stone shall become the great, and the last, and the only sure foundation, upon which the Jews can build.

And now, my beloved, how is it possible that these, after having rejected the sure foundation, can ever build upon it, that it may become the head of their corner?

Behold, my beloved brethren, I will unfold this mystery unto you; if I do not, by any means, get shaken from my firmness in the Spirit, and stumble because of my over anxiety for you.

## Jacob 5

- 1 Masdan, aking mga kapatid, hindi ba ninyo natatandaang nabasa ang mga salita ng propetang si Zenos, na kanyang sinabi sa sambahayan ni Israel, sinasabing:
- 2 Makinig, O kayong sambahayan ni Israel, at pakinggan ang aking mga salita, isang propeta ng Panginoon.
- 3 Sapagkat masdan, ganito ang wika ng Panginoon, ihahambing kita, O sambahayan ni Israel, tulad sa isang likas na punong olibo, na itinanim at inalagaan ng isang lalaki sa kanyang olibohan; at tumubo ito, at gumulang, at nagsimulang mabulok.
- 4 At ito ay nangyari na, na ang panginoon ng olibohan ay humayo, at nakita niyang ang kanyang punong olibo ay nagsimulang mabulok; at kanyang sinabi: Aking pupungusin ito, at bubungkalin ang palibot nito, at aalagaan ito, na baka sakaling tubuan ito ng mga sariwa at murang sanga, at hindi ito matutuyot.
- 5 At ito ay nangyari na, na kanya itong pinungusan, at binungkal ang palibot nito, at inalagaan ito alinsunod sa kanyang salita.
- 6 At ito ay nangyari na, na sa paglipas ng maraming araw na nagsimulang tubuan ito ng kaunting mga sariwa at murang sanga; subalit masdan, ang pinakatalbos niyon ay nagsimulang matuyot.
- 7 At ito ay nangyari na, na ito ay nakita ng panginoon ng olibohan, at sinabi sa kanyang tagapagsilbi: Ikalulungkot kong mawala sa akin ang punong ito; kaya nga, humayo at bumali ng mga sanga mula sa ligaw na punong olibo, at dalhin dito sa akin; at ating puputulin yaong mga punong sanga na nagsisimulang matuyot, at itatapon natin ang mga yaon sa apoy upang ang mga ito ay masunog.
- 8 At masdan, wika ng Panginoon ng olibohan, kukunin ko ang marami sa mga sariwa at murang sanga, at ihuhugpong ko ang mga ito saan ko man naisin; at hindi na mahalaga kung sakali mang matuyot ang ugat ng punong ito, iiimbak ko ang bunga niyon para sa aking sarili; anupa't kukunin ko ang mga sariwa at murang sanga ito at ihuhugpong ko ang mga ito saan ko man naisin.

## Jacob 5

Behold, my brethren, do ye not remember to have read the words of the prophet Zenos, which he spake unto the house of Israel, saying:

Hearken, O ye house of Israel, and hear the words of me, a prophet of the Lord.

For behold, thus saith the Lord, I will liken thee, O house of Israel, like unto a tame olive tree, which a man took and nourished in his vineyard; and it grew, and waxed old, and began to decay.

And it came to pass that the master of the vineyard went forth, and he saw that his olive tree began to decay; and he said: I will prune it, and dig about it, and nourish it, that perhaps it may shoot forth young and tender branches, and it perish not.

And it came to pass that he pruned it, and digged about it, and nourished it according to his word.

And it came to pass that after many days it began to put forth somewhat a little, young and tender branches; but behold, the main top thereof began to perish.

And it came to pass that the master of the vineyard saw it, and he said unto his servant: It grieveth me that I should lose this tree; wherefore, go and pluck the branches from a wild olive tree, and bring them hither unto me; and we will pluck off those main branches which are beginning to wither away, and we will cast them into the fire that they may be burned.

And behold, saith the Lord of the vineyard, I take away many of these young and tender branches, and I will graft them whithersoever I will; and it mattereth not that if it so be that the root of this tree will perish, I may preserve the fruit thereof unto myself; wherefore, I will take these young and tender branches, and I will graft them whithersoever I will.

- 9 Iyong kunin ang mga sanga ng ligaw na punong olibo, at ihugpong ang mga ito sa pinagkunan niyon; at itong aking mga pinutol ay itatapon ko sa apoy at susunugin ang mga ito upang hindi makasagabal ang mga ito, sa aking olibohan.
- 10 At ito ay nangyari na, na ginawa ng tagapagsilbi ng Panginoon ng olibohan ang naaayon sa salita ng Panginoon ng olibohan, at inihugpong ang mga sanga ng ligaw na punong olibo.
- 11 At iniutos ng Panginoon ng olibohan na dapat itong bungkalin sa palibot, at pungusan, at alagaan, sinasabi sa kanyang tagapagsilbi: Ikalulungkot kong mawala sa akin ang punong ito; samakatwid, na baka sakaling mapangalagaan ko ang mga ugat niyon upang hindi matuyot ang mga ito, upang maalagaan ang mga yaon para sa aking sarili, kung kaya't ginawa ko ang bagay na ito.
- 12 Samakatwid, humayo ka; bantayan ang puno, at alagaan ito, alinsunod sa aking mga salita.
- 13 At ang mga ito ay ilalagay ko sa pinakamalayong dako ng aking olibohan, saan ko man naisin, hindi na ito mahalaga sa iyo; at gagawin ko ito upang mapangalagaan ko para sa aking sarili ang mga likas na sanga ng puno; at gayon din, upang makapagimbak ako ng mga bunga sa panahon niyon, para sa aking sarili; sapagkat ikalulungkot kong mawala sa akin ang punong ito at ang bunga niyon.
- 14 At ito ay nangyari na, na ang panginoon ng olibohan ay humayo na, at itinago ang mga likas na sanga ng likas na punong olibo sa pinakamalayong dako ng olibohan, ang ilan sa isang dako at ang iba ay sa ibang dako, alinsunod sa kanyang kalooban at kasiyahan.
- 15 At ito ay nangyari na, na lumipas ang mahabang panahon, at sinabi ng Panginoon ng olibohan sa kanyang tagapagsilbi: Halina, bumaba tayo sa olibohan, upang makagawa sa olibohan.
- 16 At ito ay nangyari na, na ang Panginoon ng olibohan, at gayon din ang tagapagsilbi, ay bumaba sa olibohan upang gumawa. At ito ay nangyari na, na sinabi ng tagapagsilbi sa kanyang panginoon: Masdan, tumingin dito; masdan ang puno.

Take thou the branches of the wild olive tree, and graft them in, in the stead thereof; and these which I have plucked off I will cast into the fire and burn them, that they may not cumber the ground of my vineyard.

And it came to pass that the servant of the Lord of the vineyard did according to the word of the Lord of the vineyard, and grafted in the branches of the wild olive tree.

And the Lord of the vineyard caused that it should be digged about, and pruned, and nourished, saying unto his servant: It grieveth me that I should lose this tree; wherefore, that perhaps I might preserve the roots thereof that they perish not, that I might preserve them unto myself, I have done this thing.

Wherefore, go thy way; watch the tree, and nourish it, according to my words.

And these will I place in the nethermost part of my vineyard, whithersoever I will, it mattereth not unto thee; and I do it that I may preserve unto myself the natural branches of the tree; and also, that I may lay up fruit thereof against the season, unto myself; for it grieveth me that I should lose this tree and the fruit thereof.

And it came to pass that the Lord of the vineyard went his way, and hid the natural branches of the tame olive tree in the nethermost parts of the vineyard, some in one and some in another, according to his will and pleasure.

And it came to pass that a long time passed away, and the Lord of the vineyard said unto his servant: Come, let us go down into the vineyard, that we may labor in the vineyard.

And it came to pass that the Lord of the vineyard, and also the servant, went down into the vineyard to labor. And it came to pass that the servant said unto his master: Behold, look here; behold the tree.

17 At ito ay nangyari na, na ang Panginoon ng olibohan ay tumingin at namasdan ang puno kung saan inihugpong ang mga ligaw na sanga ng olibo; at tumubo ito at nagsimulang mamunga. At namasdan niyang mainam ito; at ang bunga niyon ay tulad ng likas na bunga.

18 At sinabi niya sa tagapagsilbi: Masdan, nakakuha ang mga sanga ng ligaw na puno ng halumigmig sa ugat niyon, na nakapagbigay-lakas sa ugat niyon; at dahil sa labis na lakas ng ugat niyon, ang mga ligaw na sanga ay namunga ng likas na bunga. Ngayon, kung hindi natin inihugpong ang mga sangang ito, ang punong yaon ay natuyot na sana. At ngayon, masdan, makapag-iimbak ako ng maraming bunga, na ibinunga ng punong yaon; at ang bunga niyon ay iimbak ko para sa darating na panahon, para sa aking sarili.

19 At ito ay nangyari na, na sinabi ng Panginoon ng olibohan sa tagapagsilbi: Halina, magtungo tayo sa pinakamalayong dako ng olibohan, at masdan kung hindi rin namunga nang marami ang mga likas na sanga, upang makapag-iimbak ako ng mga bunga niyon para sa darating na panahon, para sa aking sarili.

20 At ito ay nangyari na, na nagtungo sila sa kung saan itinago ng panginoon ang mga likas na sanga ng puno, at sinabi niya sa tagapagsilbi: Masdan ang mga ito; at namasdan niya ang una na namunga ito nang marami; at kanya ring namasdan na mainam ito. At sinabi niya sa tagapagsilbi: Kunin ang mga bunga niyon, at iimbak ito para sa darating na panahon, upang ito ay aking maiimbak para sa aking sarili; sapagkat masdan, sinabi niya, inalagaan ko ito sa mahabang panahon, at namunga ito nang marami.

21 At ito ay nangyari na, na sinabi ng tagapagsilbi sa kanyang panginoon: Bakit kayo nagtungo rito upang itanim ang punong ito, o ang sangang ito ng puno? Sapagkat masdan, ito ang pinakatigang na dako sa lahat ng lupain ng inyong olibohan.

22 At sinabi sa kanya ng Panginoon ng olibohan: Huwag mo akong payuhan; nalalaman ko na ito ay isang tigang na dako ng lupa; samakatwid, sinabi ko sa iyo, inalagaan ko ito sa mahabang panahon, at namasdan mong namunga ito nang marami.

And it came to pass that the Lord of the vineyard looked and beheld the tree in the which the wild olive branches had been grafted; and it had sprung forth and begun to bear fruit. And he beheld that it was good; and the fruit thereof was like unto the natural fruit.

And he said unto the servant: Behold, the branches of the wild tree have taken hold of the moisture of the root thereof, that the root thereof hath brought forth much strength; and because of the much strength of the root thereof the wild branches have brought forth tame fruit. Now, if we had not grafted in these branches, the tree thereof would have perished. And now, behold, I shall lay up much fruit, which the tree thereof hath brought forth; and the fruit thereof I shall lay up against the season, unto mine own self.

And it came to pass that the Lord of the vineyard said unto the servant: Come, let us go to the nethermost part of the vineyard, and behold if the natural branches of the tree have not brought forth much fruit also, that I may lay up of the fruit thereof against the season, unto mine own self.

And it came to pass that they went forth whither the master had hid the natural branches of the tree, and he said unto the servant: Behold these; and he beheld the first that it had brought forth much fruit; and he beheld also that it was good. And he said unto the servant: Take of the fruit thereof, and lay it up against the season, that I may preserve it unto mine own self; for behold, said he, this long time have I nourished it, and it hath brought forth much fruit.

And it came to pass that the servant said unto his master: How comest thou hither to plant this tree, or this branch of the tree? For behold, it was the poorest spot in all the land of thy vineyard.

And the Lord of the vineyard said unto him: Counsel me not; I knew that it was a poor spot of ground; wherefore, I said unto thee, I have nourished it this long time, and thou beholdest that it hath brought forth much fruit.

- 23 At ito ay nangyari na, na sinabi ng Panginoon ng olibohan sa kanyang tagapagsilbi: Tumingin dito; masdan, nagtanim ako ng isa pang sanga ng puno; at nalalaman mo na ang dakong ito ng lupa ay higit na tigang kaysa sa una. Subalit, masdan ang puno. Inalagaan ko ito sa mahabang panahon, at namunga ito nang marami; samakatwid, tipunin ito, at iimbak para sa darating na panahon, upang maiimbak ko ito para sa aking sarili.
- 24 At ito ay nangyari na, na muling sinabi ng Panginoon ng olibohan sa kanyang tagapagsilbi: Tumingin dito, at masdan ang isa pa ring sanga, na aking itinanim; masdan, ito rin ay inalagaan ko, at namunga ito.
- 25 At sinabi niya sa tagapagsilbi: Tumingin dito at masdan ang huli. Masdan, itinanim ko ito sa isang mainam na dako ng lupa; at inalagaan ko ito sa mahabang panahon, at isang bahagi lamang ng puno ang namunga ng likas na bunga, at ang ibang bahagi ng puno ay namunga ng ligaw na bunga; masdan, inalagaan ko ang punong ito na tulad ng iba.
- 26 At ito ay nangyari na, na sinabi ng Panginoon ng olibohan sa tagapagsilbi: Putulin ang mga sangang hindi namunga ng mabuting bunga, at itapon ang mga ito sa apoy.
- 27 Subalit masdan, sinabi ng tagapagsilbi sa kanya: Pungusan natin ito, at bungkalin ang palibot nito, at alagaan ito ng kaunti pang panahon, na baka sakaling mamunga ito ng mabuting bunga para sa inyo, upang makapag-imbak kayo para sa darating na panahon.
- 28 At ito ay nangyari na, na inalagaan ng Panginoon ng olibohan at ng tagapagsilbi ng Panginoon ng olibohan ang lahat ng bunga sa olibohan.
- 29 At ito ay nangyari na, na lumipas ang mahabang panahon, at sinabi ng Panginoon ng olibohan sa kanyang tagapagsilbi: Halina, bumaba tayo sa olibohan, upang muli tayong makagawa sa olibohan. Sapagkat masdan, nalalapit na ang panahon, at ang katapusan ay malapit nang dumating; kaya nga, kinakailangan kong mag-imbak ng bunga para sa darating na panahon, para sa aking sarili.

And it came to pass that the Lord of the vineyard said unto his servant: Look hither; behold I have planted another branch of the tree also; and thou knowest that this spot of ground was poorer than the first. But, behold the tree. I have nourished it this long time, and it hath brought forth much fruit; therefore, gather it, and lay it up against the season, that I may preserve it unto mine own self.

And it came to pass that the Lord of the vineyard said again unto his servant: Look hither, and behold another branch also, which I have planted; behold that I have nourished it also, and it hath brought forth fruit.

And he said unto the servant: Look hither and behold the last. Behold, this have I planted in a good spot of ground; and I have nourished it this long time, and only a part of the tree hath brought forth tame fruit, and the other part of the tree hath brought forth wild fruit; behold, I have nourished this tree like unto the others.

And it came to pass that the Lord of the vineyard said unto the servant: Pluck off the branches that have not brought forth good fruit, and cast them into the fire.

But behold, the servant said unto him: Let us prune it, and dig about it, and nourish it a little longer, that perhaps it may bring forth good fruit unto thee, that thou canst lay it up against the season.

And it came to pass that the Lord of the vineyard and the servant of the Lord of the vineyard did nourish all the fruit of the vineyard.

And it came to pass that a long time had passed away, and the Lord of the vineyard said unto his servant: Come, let us go down into the vineyard, that we may labor again in the vineyard. For behold, the time draweth near, and the end soon cometh; wherefore, I must lay up fruit against the season, unto mine own self.

30 At ito ay nangyari na, na bumaba sa olibohan ang Panginoon ng olibohan at ang tagapagsilbi; at nagtungo sila sa puno na pinutulan ng mga likas na sanga; at ang hinugpong na mga ligaw na sanga; at masdan, lahat ng uri ng bunga ay ibinunga ng puno.

31 At ito ay nangyari na, na tinikman ng Panginoon ng olibohan ang bunga, bawat uri ayon sa bilang nito. At sinabi ng Panginoon ng olibohan: Masdan, inalagaan natin ang punong ito sa mahabang panahon, at nakapag-imbak ako para sa aking sarili ng maraming bunga para sa darating na panahon.

32 Subalit masdan, ngayon namunga ito ng maraming bunga, at wala ni isa man dito ang mainam. At masdan, may lahat ng uri ng masasamang bunga; at walang silbi ito sa akin, sa kabila ng lahat ng ating pagpapagal; at ngayon ikinalulungkot kong mawala ang punong ito.

33 At sinabi ng Panginoon ng olibohan sa tagapagsilbi: Ano ang ating gagawin sa puno, upang muli kong maiimbak ang mainam na bunga niyon para sa aking sarili?

34 At sinabi ng tagapagsilbi sa kanyang panginoon: Masdan, dahil sa inyong inihugpong ang mga sanga ng ligaw na punong olibo ay pinagyaman nito ang mga ugat, kung kaya't nabuhay ang mga ito at hindi natuyot; kaya nga namasdan ninyo na ang mga ito ay mainam pa rin.

35 At ito ay nangyari na, na sinabi ng Panginoon ng olibohan sa kanyang tagapagsilbi: Ang punong ito ay walang silbi sa akin, at ang mga ugat niyon ay walang silbi sa akin habang ito ay namumunga ng masamang bunga.

36 Gayon pa man, nalalaman ko na ang mga ugat ay mabuti, at pinangalagaan ko ang mga ito para sa aking sariling layunin; at dahil sa kanilang labis na lakas, namunga ang mga ito, mula sa mga ligaw na sanga, ng mabuting bunga.

And it came to pass that the Lord of the vineyard and the servant went down into the vineyard; and they came to the tree whose natural branches had been broken off, and the wild branches had been grafted in; and behold all sorts of fruit did cumber the tree.

And it came to pass that the Lord of the vineyard did taste of the fruit, every sort according to its number. And the Lord of the vineyard said: Behold, this long time have we nourished this tree, and I have laid up unto myself against the season much fruit.

But behold, this time it hath brought forth much fruit, and there is none of it which is good. And behold, there are all kinds of bad fruit; and it profiteth me nothing, notwithstanding all our labor; and now it grieveth me that I should lose this tree.

And the Lord of the vineyard said unto the servant: What shall we do unto the tree, that I may preserve again good fruit thereof unto mine own self?

And the servant said unto his master: Behold, because thou didst graft in the branches of the wild olive tree they have nourished the roots, that they are alive and they have not perished; wherefore thou beholdest that they are yet good.

And it came to pass that the Lord of the vineyard said unto his servant: The tree profiteth me nothing, and the roots thereof profit me nothing so long as it shall bring forth evil fruit.

Nevertheless, I know that the roots are good, and for mine own purpose I have preserved them; and because of their much strength they have hitherto brought forth, from the wild branches, good fruit.

37 Subalit masdan, ang mga ligaw na sanga ay tumubo at nadaig ang mga ugat niyon; at dahil sa nadaig ng mga ligaw na sanga ang mga ugat niyon, namunga ito ng maraming masamang bunga; at dahil sa namunga ito ng maraming masamang bunga ay namasdan ninyong nagsimula itong matuyot; at malapit na itong mahinog, upang maitapon sa apoy, maliban kung gagawa tayo ng ano mang paraan upang ito ay mapangalagaan.

38 At ito ay nangyari na, na sinabi ng Panginoon ng olibohan sa kanyang tagapagsilbi: Halina't bumaba tayo sa pinakamalayong dako ng olibohan, at masdan kung namunga rin ng masasamang bunga ang mga likas na sanga.

39 At ito ay nangyari na, na bumaba sila sa pinakamalayong dako ng olibohan. At ito ay nangyari na, na namasdan nilang nangabulok din ang mga bunga ng likas na sanga; oo, ang una at ang ikalawa, at gayon din ang huli; at nangabulok lahat ang mga ito.

40 At ang ligaw na bunga ng huli ay nadaig yaong bahagi ng puno na namumunga ng mabuting bunga, maging sa matuyot ang mga sanga at namatay.

41 At ito ay nangyari na, na lumuha ang Panginoon ng olibohan, at sinabi sa tagapagsilbi: Ano pa ba ang magagawa ko para sa aking olibohan?

42 Masdan, alam ko na lahat ng bunga ng olibohan, maliban sa mga ito, ay nangabulok. At ngayon, ang mga ito na noong una ay namunga ng mabuting bunga ay nangabulok din; at ngayon, ang lahat ng puno sa aking olibohan ay walang silbi maliban sa ito ay putulin at ihagis sa apoy.

43 At masdan itong huli, na natuyo ang sanga, ay itinanim ko sa mainam na dako ng lupa; oo, maging sa yaong pinakamataba sa lahat ng dako ng lupa ng aking olibohan.

44 At namasdan mong akin ding pinutol ang yaong tumutubo sa dakong ito, upang maitanim ko ang punong ito bilang kapalit niyon.

45 At namasdan mo na isang bahagi niyon ay namunga ng mabuting bunga, at ang isang bahagi niyon ay namunga ng ligaw na bunga; at dahil sa hindi ko pinutol ang mga sanga niyon at itinaon ang mga ito sa apoy, masdan, dinaig ng mga ito ang mabuting sanga kung kaya't natuyot ito.

But behold, the wild branches have grown and have overrun the roots thereof; and because that the wild branches have overcome the roots thereof it hath brought forth much evil fruit; and because that it hath brought forth so much evil fruit thou beholdest that it beginneth to perish; and it will soon become ripened, that it may be cast into the fire, except we should do something for it to preserve it.

And it came to pass that the Lord of the vineyard said unto his servant: Let us go down into the nethermost parts of the vineyard, and behold if the natural branches have also brought forth evil fruit.

And it came to pass that they went down into the nethermost parts of the vineyard. And it came to pass that they beheld that the fruit of the natural branches had become corrupt also; yea, the first and the second and also the last; and they had all become corrupt.

And the wild fruit of the last had overcome that part of the tree which brought forth good fruit, even that the branch had withered away and died.

And it came to pass that the Lord of the vineyard wept, and said unto the servant: What could I have done more for my vineyard?

Behold, I knew that all the fruit of the vineyard, save it were these, had become corrupted. And now these which have once brought forth good fruit have also become corrupted; and now all the trees of my vineyard are good for nothing save it be to be hewn down and cast into the fire.

And behold this last, whose branch hath withered away, I did plant in a good spot of ground; yea, even that which was choice unto me above all other parts of the land of my vineyard.

And thou beheldest that I also cut down that which cumbered this spot of ground, that I might plant this tree in the stead thereof.

And thou beheldest that a part thereof brought forth good fruit, and a part thereof brought forth wild fruit; and because I plucked not the branches thereof and cast them into the fire, behold, they have overcome the good branch that it hath withered away.



- 46 At ngayon, masdan, sa kabila ng lahat ng ating pangangalaga sa aking olibohan, ang mga puno niyon ay nangabulok, kung kaya't walang ibinubungang mabuting bunga ang mga ito; at ang mga ito ang inasahan kong pangangalagaan, upang makapag-imbak ng bunga niyon para sa darating na panahon, para sa aking sarili. Subalit masdan, naging katulad ang mga ito ng ligaw na punong olibo, at wala itong silbi, kundi putulin at ihagis sa apoy; at ikinalulungkot kong mawala sa akin ang mga yaon.
- 47 Subalit ano pa ba ang magagawa ko para sa aking olibohan? Naging mahina ba ang aking mga kamay, na hindi ko ito naalagaan? Hindi, aking inalagaan ito, at aking binungkal ang palibot nito, at aking pinungusan ito, at nilagyan ko ito ng pataba; at iniunat ko ang aking kamay halos buong maghapon, at papalapit na ang katapusan. At ikinalulungkot ko na nararapat kong putulin ang lahat ng puno ng aking olibohan, at ihagis ang mga ito sa apoy upang ang mga yaon ay sunugin. Sino ang nagpabulok sa aking olibohan?
- 48 At ito ay nangyari na, na sinabi ng tagapagsilbi sa kanyang panginoon: Hindi ba sa kataasan ng inyong olibohan—hindi ba't dinaig ng mga sanga niyon ang mga ugat na mabubuti? At dahil sa nadaig ng mga sanga ang mga ugat niyon, masdan, higit na mabilis ang pagtubo nito kaysa sa lakas ng mga ugat, kumukuha ng lakas para sa kanilang sarili. Masdan, sinasabi ko, hindi ba't ito ang dahilan kung bakit nangabulok ang mga puno ng inyong olibohan?
- 49 At ito ay nangyari na, na sinabi ng Panginoon ng olibohan sa tagapagsilbi: Halina't humayo tayo at putulin ang mga puno ng olibohan at ihagis ang mga ito sa apoy, upang hindi na muling makasagabal pa ang mga ito sa aking olibohan, sapagkat nagawa ko na ang lahat. Ano pa ba ang magagawa ko para sa aking olibohan?
- 50 Subalit, masdan, sinabi ng tagapagsilbi sa Panginoon ng olibohan: Patagalín pa natin nang kaunti.
- 51 At sinabi ng panginoon: Oo, patatagalín ko ito nang kaunti pa, sapagkat ikalulungkot kong mawala sa akin ang mga puno ng aking olibohan.

And now, behold, notwithstanding all the care which we have taken of my vineyard, the trees thereof have become corrupted, that they bring forth no good fruit; and these I had hoped to preserve, to have laid up fruit thereof against the season, unto mine own self. But, behold, they have become like unto the wild olive tree, and they are of no worth but to be hewn down and cast into the fire; and it grieveth me that I should lose them.

But what could I have done more in my vineyard? Have I slackened mine hand, that I have not nourished it? Nay, I have nourished it, and I have digged about it, and I have pruned it, and I have dunged it; and I have stretched forth mine hand almost all the day long, and the end draweth nigh. And it grieveth me that I should hew down all the trees of my vineyard, and cast them into the fire that they should be burned. Who is it that has corrupted my vineyard?

And it came to pass that the servant said unto his master: Is it not the loftiness of thy vineyard—have not the branches thereof overcome the roots which are good? And because the branches have overcome the roots thereof, behold they grew faster than the strength of the roots, taking strength unto themselves. Behold, I say, is not this the cause that the trees of thy vineyard have become corrupted?

And it came to pass that the Lord of the vineyard said unto the servant: Let us go to and hew down the trees of the vineyard and cast them into the fire, that they shall not cumber the ground of my vineyard, for I have done all. What could I have done more for my vineyard?

But, behold, the servant said unto the Lord of the vineyard: Spare it a little longer.

And the Lord said: Yea, I will spare it a little longer, for it grieveth me that I should lose the trees of my vineyard.

52 Samakatwid, kunin natin ang mga sanga ng mga ito na itinanim ko sa pinakamalayong dako ng aking olibohan, at ating ihugpong ang mga ito sa punong kanilang pinagmulan; at ating putulin mula sa puno ang yaong mga sangang napakapait ang bunga, at ihugpong sa mga likas na sanga ng puno bilang kapalit niyon.

53 At gagawin ko ito upang hindi matuyot ang puno, na baka sakali, mapangalagaan ko para sa aking sariling layunin ang mga ugat niyon.

54 At, masdan, buhay pa ang mga ugat ng mga likas na sanga ng puno na aking itinanim saan ko man naisin; samakatwid, upang mapangalagaan ko ang mga yaon para sa sarili kong layunin, kukuha ako ng mga sanga sa punong ito, at ihuhugpong ko ang mga ito sa mga yaon. Oo, ihuhugpong ko sa mga yaon ang mga sanga ng kanilang inang puno, upang mapangalagaan ko rin ang mga ugat para sa aking sarili, na kapag sapat na ang kanilang lakas ay baka sakaling mamunga ang mga ito ng mabubuting bunga para sa akin, at magkakaroon pa rin ako ng kagalakan sa bunga ng aking olibohan.

55 At ito ay nangyari na, na kumuha sila mula sa mga likas na puno na naging ligaw, at inihugpong sa mga likas na puno, na naging ligaw rin.

56 At kinuha rin nila ang mga likas na puno na naging ligaw, at inihugpong sa kanilang inang puno.

57 At sinabi ng Panginoon ng olibohan sa tagapagsilbi: Huwag mong putulin ang mga ligaw na sanga mula sa mga puno, maliban sa mga yaong napakapait; at sa mga yaon ay ihuhugpong mo ang alinsunod sa mga yaong aking sinabi.

58 At atin muling aalagaan ang mga puno ng olibohan, at ating lilinis ang mga sanga niyon; at mula sa mga puno ay ating puputulin yaong mga sangang magulang na, na natuyot, at ihagis ang mga ito sa apoy.

59 At gagawin ko ito, na baka sakali, ang mga ugat niyon ay mabigyang-lakas dahil sa kanilang kabutihan; at dahil sa pagpapalit ng mga sanga, ay madaig ng mabuti ang masama.

Wherefore, let us take of the branches of these which I have planted in the nethermost parts of my vineyard, and let us graft them into the tree from whence they came; and let us pluck from the tree those branches whose fruit is most bitter, and graft in the natural branches of the tree in the stead thereof.

And this will I do that the tree may not perish, that, perhaps, I may preserve unto myself the roots thereof for mine own purpose.

And, behold, the roots of the natural branches of the tree which I planted whithersoever I would are yet alive; wherefore, that I may preserve them also for mine own purpose, I will take of the branches of this tree, and I will graft them in unto them. Yea, I will graft in unto them the branches of their mother tree, that I may preserve the roots also unto mine own self, that when they shall be sufficiently strong perhaps they may bring forth good fruit unto me, and I may yet have glory in the fruit of my vineyard.

And it came to pass that they took from the natural tree which had become wild, and grafted in unto the natural trees, which also had become wild.

And they also took of the natural trees which had become wild, and grafted into their mother tree.

And the Lord of the vineyard said unto the servant: Pluck not the wild branches from the trees, save it be those which are most bitter; and in them ye shall graft according to that which I have said.

And we will nourish again the trees of the vineyard, and we will trim up the branches thereof; and we will pluck from the trees those branches which are ripened, that must perish, and cast them into the fire.

And this I do that, perhaps, the roots thereof may take strength because of their goodness; and because of the change of the branches, that the good may overcome the evil.

60 At dahil sa inalagaan ko ang mga likas na sanga at mga ugat niyon, at aking muling inihugpong ang mga likas na sanga sa kanilang inang puno, at inalagaan ang mga ugat ng kanilang inang puno, na baka sakaling ang mga puno ng aking olibohan ay muling mamunga ng mabuting bunga; at upang muli akong magkaroon ng kagalakan sa bunga ng aking olibohan, at baka sakaling lubusan akong masiyahan na aking inalagaan ang mga ugat at sanga ng unang bunga—

61 Samakatwid, humayo, at magtawag ng mga tagapagsilbi, upang masigasig tayong makagawa nang buong lakas sa olibohan, upang ating maihanda ang daan, na muli akong makapagpabunga ng likas na bunga, kung aling likas na bunga ay mainam at pinakamahalaga sa lahat ng iba pang bunga.

62 Kaya nga, halina't humayo tayo at gumawa nang buong lakas natin sa huling pagkakataon, sapagkat masdan, ang katapusan ay nalalapit na, at ito ang huling pagkakataon na pupungusan ko ang aking olibohan.

63 Ihugpong ang mga sanga; simulan sa huli upang ang mga ito ang mauna, at upang ang nauna ang mahuli, at bungkalin ang palibot ng mga puno, kapwa magulang at mura, ang una at ang huli; at ang huli at ang una, upang muling maalagaan ang lahat sa huling pagkakataon.

64 Samakatwid, bungkalin ang kanilang palibot, at pungusan ang mga ito, at muling lagyan ng pataba ang mga ito, sa huling pagkakataon, sapagkat ang katapusan ay nalalapit na. At kung sakali mang tumubo ang mga huling hugpong na ito, at mamunga ng likas na bunga, doon ninyo ihahanda ang paraan para sa kanila upang ang mga ito ay tumubo.

65 At habang nagsisimula ang mga itong tumubo ay tatanggalin ninyo ang mga sangang namumunga ng mapait na bunga, alinsunod sa lakas ng mabuti at sukat niyon; at hindi ninyo tatanggalin kaagad ang lahat ng masama, at baka maging labis na malakas ang mga ugat niyon para sa hugpong, at ang hugpong niyon ay matutuyot, at mawawala sa akin ang mga puno ng aking olibohan.

And because that I have preserved the natural branches and the roots thereof, and that I have grafted in the natural branches again into their mother tree, and have preserved the roots of their mother tree, that, perhaps, the trees of my vineyard may bring forth again good fruit; and that I may have joy again in the fruit of my vineyard, and, perhaps, that I may rejoice exceedingly that I have preserved the roots and the branches of the first fruit—

Wherefore, go to, and call servants, that we may labor diligently with our might in the vineyard, that we may prepare the way, that I may bring forth again the natural fruit, which natural fruit is good and the most precious above all other fruit.

Wherefore, let us go to and labor with our might this last time, for behold the end draweth nigh, and this is for the last time that I shall prune my vineyard.

Graft in the branches; begin at the last that they may be first, and that the first may be last, and dig about the trees, both old and young, the first and the last; and the last and the first, that all may be nourished once again for the last time.

Wherefore, dig about them, and prune them, and dung them once more, for the last time, for the end draweth nigh. And if it be so that these last grafts shall grow, and bring forth the natural fruit, then shall ye prepare the way for them, that they may grow.

And as they begin to grow ye shall clear away the branches which bring forth bitter fruit, according to the strength of the good and the size thereof; and ye shall not clear away the bad thereof all at once, lest the roots thereof should be too strong for the graft, and the graft thereof shall perish, and I lose the trees of my vineyard.

- 66 Sapagkat ikalulungkot kong mawala sa akin ang mga puno ng aking olibohan; kaya nga tanggalin ninyo ang masasama alinsunod sa pagtubo ng mabubuti, upang ang ugat at talbos ay maging magkasinglakas, hanggang sa madaig ng mabuti ang masama, at ang masama ay putulin at ihagis sa apoy, upang hindi makasagabal ang mga ito sa aking olibohan; at sa ganito ihihiwalay ang masama mula sa aking olibohan.
- 67 At ang mga sanga ng likas na puno ay muli kong ihuhugpong sa likas na puno;
- 68 At ang mga sanga ng likas na puno ay ihuhugpong ko sa mga likas na sanga ng punungkahoy; at sa ganito ko muling ibabalik ang mga ito, nang mamunga ang mga ito ng likas na bunga, at ang mga ito ay pag-iisahin.
- 69 At ang masasama ay itatapon, oo, maging sa labas ng lupain ng aking olibohan; sapagkat masdan, tanging sa pagkakataong ito ko pupungusan ang aking olibohan.
- 70 At ito ay nangyari na, na isinugo ng Panginoon ng olibohan ang kanyang tagapagsilbi; at humayo ang tagapagsilbi at ginawa ang iniutos sa kanya ng Panginoon, at nagdala ng iba pang mga tagapagsilbi, at kakaunti sila.
- 71 At sinabi ng Panginoon ng olibohan sa kanila: Humayo, at gumawa sa olibohan, nang buong lakas ninyo. Sapagkat masdan, ito ang huling pagkakataong aalagaan ko ang aking olibohan; sapagkat ang katapusan ay nalalapit na, at dagliang darating ang panahon; at kung gagawa kayo nang buong lakas na kasama ko, magkakaroon kayo ng kagalakan sa bunga na iimbakin ko para sa aking sarili para sa panahong malapit nang dumating.
- 72 At ito ay nangyari na, na humayo ang mga tagapagsilbi at gumawa nang buong lakas nila; at gumawa rin ang Panginoon ng olibohan na kasama nila; at sinunod nila ang mga kautusan ng Panginoon ng olibohan sa lahat ng bagay.
- 73 At nagsimulang muling magkaroon ng likas na bunga sa olibohan; at ang mga likas na sanga ay nagsimulang tumubo at umusbong nang mayabong; at ang mga ligaw na sanga ay nagsimulang putulin at itapon; at pinanatili nilang pantay ang ugat at ang talbos niyon, alinsunod sa lakas niyon.

For it grieveth me that I should lose the trees of my vineyard; wherefore ye shall clear away the bad according as the good shall grow, that the root and the top may be equal in strength, until the good shall overcome the bad, and the bad be hewn down and cast into the fire, that they cumber not the ground of my vineyard; and thus will I sweep away the bad out of my vineyard.

And the branches of the natural tree will I graft in again into the natural tree;

And the branches of the natural tree will I graft into the natural branches of the tree; and thus will I bring them together again, that they shall bring forth the natural fruit, and they shall be one.

And the bad shall be cast away, yea, even out of all the land of my vineyard; for behold, only this once will I prune my vineyard.

And it came to pass that the Lord of the vineyard sent his servant; and the servant went and did as the Lord had commanded him, and brought other servants; and they were few.

And the Lord of the vineyard said unto them: Go to, and labor in the vineyard, with your might. For behold, this is the last time that I shall nourish my vineyard; for the end is nigh at hand, and the season speedily cometh; and if ye labor with your might with me ye shall have joy in the fruit which I shall lay up unto myself against the time which will soon come.

And it came to pass that the servants did go and labor with their might; and the Lord of the vineyard labored also with them; and they did obey the commandments of the Lord of the vineyard in all things.

And there began to be the natural fruit again in the vineyard; and the natural branches began to grow and thrive exceedingly; and the wild branches began to be plucked off and to be cast away; and they did keep the root and the top thereof equal, according to the strength thereof.

74 At sa gayon sila gumawa, nang buong pagsusumigasig, alinsunod sa mga kautusan ng Panginoon ng olibohan, maging hanggang sa maitapon ang masama sa labas ng olibohan, at pinangalagaan ng Panginoon sa kanyang sarili upang muling maging likas na bunga ang mga punungkahoy; at naging tulad ang mga ito sa isang kumpol; at pantay ang mga bunga; at iniimbak ng Panginoon ng olibohan ang likas na bunga para sa kanyang sarili, na pinakamahalaga sa kanya mula pa sa simula.

75 At ito ay nangyari na, nang makita ng Panginoon ng olibohan na mainam ang bunga nito, at na ang kanyang olibohan ay hindi na nangabubulok, tinawag niya ang kanyang mga tagapagsilbi, at sinabi sa kanila: Masdan, sa huling pagkakataong ito ay inalagaan natin ang aking olibohan; at namamasdan ninyong ginawa ko ang alinsunod sa aking kalooban; at naiimbak ko ang likas na bunga, na mainam ito, maging hanggang sa matulad ito sa simula. At pinagpala kayo; sapagkat naging masigasig kayo sa paggawa na kasama ko sa aking olibohan, at sinunod ang aking mga kautusan, at naibalik muli sa akin ang likas na bunga, na hindi na nangabubulok ang aking olibohan, at itinaon ang masasama, masdan, magkakaroon kayo ng kagalakan kasama ko dahil sa bunga ng aking olibohan.

76 Sapagkat masdan, sa mahabang panahon ko iniimbak ang bunga ng aking olibohan para sa aking sarili sa panahon, na madaling darating; at sa huling pagkakataon ay inalagaan ko ang aking olibohan, at pinungusan ito, at binungkal ang palibot nito, at nilagyan ng pataba ito; samakatwid mag-iimbak ako ng bunga para sa aking sarili, sa mahabang panahon, alinsunod sa yaong aking sinabi.

77 At kapag dumating ang panahon na muling mahahaluan ng masasamang bunga ang aking olibohan, doon ko pagtitipun-tipunin ang mabubuti at masasama; at ang mabubuti ay iimbak ko para sa aking sarili, at itatapon ko ang masasama sa sariling lugar nito. At doon darating ang panahon at ang katapusan; at ipasusunog ko ang aking olibohan sa pamamagitan ng apoy.

And thus they labored, with all diligence, according to the commandments of the Lord of the vineyard, even until the bad had been cast away out of the vineyard, and the Lord had preserved unto himself that the trees had become again the natural fruit; and they became like unto one body; and the fruits were equal; and the Lord of the vineyard had preserved unto himself the natural fruit, which was most precious unto him from the beginning.

And it came to pass that when the Lord of the vineyard saw that his fruit was good, and that his vineyard was no more corrupt, he called up his servants, and said unto them: Behold, for this last time have we nourished my vineyard; and thou beholdest that I have done according to my will; and I have preserved the natural fruit, that it is good, even like as it was in the beginning. And blessed art thou; for because ye have been diligent in laboring with me in my vineyard, and have kept my commandments, and have brought unto me again the natural fruit, that my vineyard is no more corrupted, and the bad is cast away, behold ye shall have joy with me because of the fruit of my vineyard.

For behold, for a long time will I lay up of the fruit of my vineyard unto mine own self against the season, which speedily cometh; and for the last time have I nourished my vineyard, and pruned it, and dug about it, and dunged it; wherefore I will lay up unto mine own self of the fruit, for a long time, according to that which I have spoken.

And when the time cometh that evil fruit shall again come into my vineyard, then will I cause the good and the bad to be gathered; and the good will I preserve unto myself, and the bad will I cast away into its own place. And then cometh the season and the end; and my vineyard will I cause to be burned with fire.

## Jacob 6

- 1 At ngayon, masdan, aking mga kapatid, tulad ng sinabi ko sa inyo na magpopropesiya ako, masdan, ito ang aking propesiya—na ang mga bagay na sinabi ng propetang si Zenos, hinggil sa sambahayan ni Israel, kung saan niya inihalintulad sila sa isang likas na punong olibo, ay tunay na magaganap.
- 2 At sa araw na iuunat niyang muli ang kanyang kamay sa ikalawang pagkakataon upang bawiin ang kanyang mga tao, ay ang araw, oo, maging ang huling pagkakataon, na ang mga tagapaglingkod ng Panginoon ay hahayo sa kanyang kapangyarihan, upang pangalagaan at pungusan ang kanyang olibohan; at matapos yaon ay madaling darating ang katapusan.
- 3 At pinagpala ang mga yaong gumawa nang may pagsusumigasig sa kanyang olibohan; at kasumpa-sumpa ang mga yaong itatapon sa kanilang sariling lugar! At ang daigdig ay susunugin ng apoy.
- 4 At napakamaawain ng ating Diyos sa atin, sapagkat naaalaala niya ang sambahayan ni Israel, kapwa mga ugat at sanga; at iniuunat niya ang kanyang mga kamay sa kanila sa buong maghapon; at sila ay mga taong matitigas ang leeg at mga mapagsalungat na tao; subalit kasindami ng hindi magpapatigas ng kanilang mga puso ay maliligtas sa kaharian ng Diyos.
- 5 Kaya nga, mga minamahal kong kapatid, nagsusumamo ako sa inyo sa mahinahong pananalita na magsisi kayo, at lumapit nang may buong layunin ng puso, at mangunypit sa Diyos na tulad ng kanyang pangungunypit sa inyo. At habang ang kanyang bisig ng awa ay nakaunat sa inyo sa liwanag ng araw, huwag patigas ang inyong mga puso.
- 6 Oo, ngayon, kung inyong maririnig ang kanyang tinig, huwag ninyong patigas ang inyong mga puso; sapagkat bakit kayo mamamatay?
- 7 Sapagkat masdan, matapos kayong busugin ng mabuting salita ng Diyos sa buong maghapon, mamumunga ba kayo ng masasamang bunga, upang kayo ay putulin at ihagis sa apoy?

## Jacob 6

And now, behold, my brethren, as I said unto you that I would prophesy, behold, this is my prophecy—that the things which this prophet Zenos spake, concerning the house of Israel, in the which he likened them unto a tame olive tree, must surely come to pass.

And the day that he shall set his hand again the second time to recover his people, is the day, yea, even the last time, that the servants of the Lord shall go forth in his power, to nourish and prune his vineyard; and after that the end soon cometh.

And how blessed are they who have labored diligently in his vineyard; and how cursed are they who shall be cast out into their own place! And the world shall be burned with fire.

And how merciful is our God unto us, for he remembereth the house of Israel, both roots and branches; and he stretches forth his hands unto them all the day long; and they are a stiffnecked and a gainsaying people; but as many as will not harden their hearts shall be saved in the kingdom of God.

Wherefore, my beloved brethren, I beseech of you in words of soberness that ye would repent, and come with full purpose of heart, and cleave unto God as he cleaveth unto you. And while his arm of mercy is extended towards you in the light of the day, harden not your hearts.

Yea, today, if ye will hear his voice, harden not your hearts; for why will ye die?

For behold, after ye have been nourished by the good word of God all the day long, will ye bring forth evil fruit, that ye must be hewn down and cast into the fire?

- 8 Masdan, inyo bang tatanggihan ang mga salitang ito? Inyo bang tatanggihan ang mga salita ng mga propeta; at inyo bang tatanggihan ang lahat ng salitang sinabi hinggil kay Cristo, matapos na napakaraming nangusap hinggil sa kanya; at itatwa ang mabuting salita ni Cristo, at ang kapangyarihan ng Diyos, at ang kaloob na Espiritu Santo, at inaapula ang Banal na Espiritu, at hinahamak ang dakilang plano ng pagtubos, na inilaan para sa inyo?
- 9 Hindi ba ninyo nalalaman na kung inyong gagawin ang mga bagay na ito, na ang kapangyarihan ng pagtubos at ng pagkabuhay na mag-uli, na taglay ni Cristo, ay dadalhin kayo upang tumayo nang may kahihyan at kakila-kilabot na pag-uusig ng budhi sa harapan ng hukuman ng Diyos?
- 10 At alinsunod sa kapangyarihan ng katarungan, sapagkat hindi maitatangi ang katarungan, tiyak na matutungo kayo sa yaong lawa ng apoy at asupre, na ang mga ningas ay di maapula, at ang usok ay pumapailanglang magpakailanman, kung aling lawa ng apoy at asupre ay walang katapusang kaparusahan.
- 11 O kaya nga, mga minamahal kong kapatid, magsipagsisi kayo, at magsipasok sa makitid na pintuang bayan, at magpatuloy sa landas na makipot, hanggang sa inyong matamo ang buhay na walang hanggan.
- 12 O maging marunong; ano pa ang masasabi ko?
- 13 Bilang pagtatapos, nagpapaalam ako sa inyo, hanggang sa magkita tayo sa harapan ng kasiyasiyang hukuman ng Diyos, kung aling hukuman ay magkikintal ng karima-rimarim na sindak at takot sa masasama. Amen.

Behold, will ye reject these words? Will ye reject the words of the prophets; and will ye reject all the words which have been spoken concerning Christ, after so many have spoken concerning him; and deny the good word of Christ, and the power of God, and the gift of the Holy Ghost, and quench the Holy Spirit, and make a mock of the great plan of redemption, which hath been laid for you?

Know ye not that if ye will do these things, that the power of the redemption and the resurrection, which is in Christ, will bring you to stand with shame and awful guilt before the bar of God?

And according to the power of justice, for justice cannot be denied, ye must go away into that lake of fire and brimstone, whose flames are unquenchable, and whose smoke ascendeth up forever and ever, which lake of fire and brimstone is endless torment.

O then, my beloved brethren, repent ye, and enter in at the strait gate, and continue in the way which is narrow, until ye shall obtain eternal life.

O be wise; what can I say more?

Finally, I bid you farewell, until I shall meet you before the pleasing bar of God, which bar striketh the wicked with awful dread and fear. Amen.

## Jacob 7

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, na matapos lumipas ang ilang taon, may dumating na isang lalaki sa mga tao ni Nephi, na ang pangalan ay Serem.
- 2 At ito ay nangyari na, na nagsimula siyang mangaral sa mga tao, at ipahayag sa kanila na hindi magkakaroon ng Cristo. At marami siyang ipinangaral na mga bagay na mapanghibok sa mga tao; at ginawa niya ito upang kanyang malupig ang doktrina ni Cristo.
- 3 At masigasig siyang gumawa upang kanyang matangay palayo ang mga puso ng tao, kung kaya't maraming puso siyang natangay palayo; at nalalaman niya na ako, si Jacob, ay may pananampalataya kay Cristo na darating, naghanap siya ng maraming pagkakataon na magharap kami.
- 4 At siya ay marunong, kaya nga mayroon siyang ganap na kaalaman tungkol sa wika ng mga tao; anupa't nakagagamit siya ng labis na panghihibok, at labis na mapanghikayat na pananalita, alinsunod sa kapangyarihan ng diyablo.
- 5 At umasa siya na matitinag niya ako mula sa pananampalataya, sa kabila ng maraming paghahayag at ng maraming bagay na nakita ko na hinggil sa mga bagay na ito; sapagkat tunay na nakakita ako ng mga anghel, at naglingkod sila sa akin. At gayon din, narinig ko na ang tinig ding yaon ng Panginoon na nangungusap sa akin, sa panapanahon; anupa't hindi ako maaaring matinag.
- 6 At ito ay nangyari na, na nagtungo siya sa akin, at sa ganito siya nagsalita sa akin, sinasabing: Kapatid na Jacob, naghanap ako ng maraming pagkakataon na makausap ka; sapagkat narinig ko at nalalaman ko ring parati kang abala, nangangaral ng yaong tinatawag mong ebanghelyo, o ang doktrina ni Cristo.

## Jacob 7

And now it came to pass after some years had passed away, there came a man among the people of Nephi, whose name was Sherem.

And it came to pass that he began to preach among the people, and to declare unto them that there should be no Christ. And he preached many things which were flattering unto the people; and this he did that he might overthrow the doctrine of Christ.

And he labored diligently that he might lead away the hearts of the people, insomuch that he did lead away many hearts; and he knowing that I, Jacob, had faith in Christ who should come, he sought much opportunity that he might come unto me.

And he was learned, that he had a perfect knowledge of the language of the people; wherefore, he could use much flattery, and much power of speech, according to the power of the devil.

And he had hope to shake me from the faith, notwithstanding the many revelations and the many things which I had seen concerning these things; for I truly had seen angels, and they had ministered unto me. And also, I had heard the voice of the Lord speaking unto me in very word, from time to time; wherefore, I could not be shaken.

And it came to pass that he came unto me, and on this wise did he speak unto me, saying: Brother Jacob, I have sought much opportunity that I might speak unto you; for I have heard and also know that thou goest about much, preaching that which ye call the gospel, or the doctrine of Christ.



- 7 At natangay mo palayo ang marami sa mga taong ito kung kaya't kanilang inililigaw ang tamang landas ng Diyos, at hindi sinusunod ang mga batas ni Moises na siyang tamang landas; at pinalitan ang mga batas ni Moises ng pagsamba sa isang nilikha na iyong sinasabing paparito ilang daang taon mula ngayon. At ngayon masdan, ako, si Serem, ay ipinahahayag sa iyo na ito ay isang kalapastanganan; sapagkat walang taong nakaaalam ng gayong mga bagay; sapagkat hindi siya maaaring makapagsabi ng mga bagay na darating. At sa ganitong paraan nakipagtalo si Serem sa akin.
- 8 Subalit masdan, ibinuhos ng Panginoong Diyos ang kanyang Espiritu sa aking kaluluwa, kung kaya't nalito ko siya sa lahat ng kanyang salita.
- 9 At sinabi ko sa kanya: Itinatatwa mo ba ang Cristo na paparito? At sinabi niya: Kung magkakaroon ng isang Cristo, hindi ko siya itatatwa; subalit nalalaman kong walang Cristo, ni nagkaroon na, ni kailanman ay magkakaroon.
- 10 At sinabi ko sa kanya: Naniniwala ka ba sa mga banal na kasulatan? At sinabi niya, Oo.
- 11 At sinabi ko sa kanya: Kung gayon hindi mo nauunawaan ang mga ito; sapagkat tunay na nagpapatotoo ang mga ito kay Cristo. Masdan, sinasabi ko sa iyo na walang sino man sa mga propeta ang nagsulat, ni nagpropesiya, maliban sa nangusap sila hinggil sa Cristong ito.
- 12 At hindi lamang ito—ipinaalam sa akin ito, sapagkat aking narinig at nakita; at ipinaalam din ito sa akin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo; kaya nga, nalalaman ko na kung walang pagbabayad-salang gagawin ay tiyak na maliligaw ang buong sangkatauhan.
- 13 At ito ay nangyari na, na sinabi niya sa akin: Magpakita ka sa akin ng isang palatandaan sa pamamagitan ng kapangyarihang ito ng Espiritu Santo, na kung alin ay marami kang nalalaman.

And ye have led away much of this people that they pervert the right way of God, and keep not the law of Moses which is the right way; and convert the law of Moses into the worship of a being which ye say shall come many hundred years hence. And now behold, I, Sherem, declare unto you that this is blasphemy; for no man knoweth of such things; for he cannot tell of things to come. And after this manner did Sherem contend against me.

But behold, the Lord God poured in his Spirit into my soul, insomuch that I did confound him in all his words.

And I said unto him: Deniest thou the Christ who shall come? And he said: If there should be a Christ, I would not deny him; but I know that there is no Christ, neither has been, nor ever will be.

And I said unto him: Believest thou the scriptures? And he said, Yea.

And I said unto him: Then ye do not understand them; for they truly testify of Christ. Behold, I say unto you that none of the prophets have written, nor prophesied, save they have spoken concerning this Christ.

And this is not all—it has been made manifest unto me, for I have heard and seen; and it also has been made manifest unto me by the power of the Holy Ghost; wherefore, I know if there should be no atonement made all mankind must be lost.

And it came to pass that he said unto me: Show me a sign by this power of the Holy Ghost, in the which ye know so much.

14 At sinabi ko sa kanya: Sino ako upang aking tuksuhin ang Diyos na magpakita sa iyo ng isang palatandaan sa isang bagay na nalalaman mong totoo? Subalit iyong itatatwa ito, dahil sa ikaw ay sa diyablo. Gayon pa man, hindi ang aking kalooban ang masusunod, subalit kung parurusahan ka ng Diyos, yaon ang magiging palatandaan sa iyo na mayroon siyang kapangyarihan, kapwa sa langit at sa lupa; at gayon din, na darating si Cristo. At inyong kalooban, O Panginoon, ang siyang masusunod, at hindi sa akin.

15 At ito ay nangyari na, nang sabihin ko, si Jacob, ang mga salitang ito, ang kapangyarihan ng Panginoon ay ginapi siya, kung kaya't nabuwal siya sa lupa. At ito ay nangyari na, na inalagaan siya sa loob ng maraming araw.

16 At ito ay nangyari na, na kanyang sinabi sa mga tao: Sama-samang magtipon kinabukasan, sapagkat mamamatay na ako; samakatwid, nais kong makapagsalita sa mga tao bago ako mamatay.

17 At ito ay nangyari na, na kinabukasan ang maraming tao ay sama-samang nagtipon; at nangusap siya nang malinaw sa kanila at itinatwa ang mga bagay na kanyang itinuro sa kanila, at kinilala ang Cristo, at ang kapangyarihan ng Espiritu Santo, at ang paglilingkod ng mga anghel.

18 At nangusap siya nang malinaw sa kanila, na siya ay nalinlang ng kapangyarihan ng diyablo. At nangusap siya tungkol sa impiyerno, at sa kawalang-hanggan, at sa walang hanggang kaparusahan.

19 At sinabi niya: Natatakot ako na baka nakagawa ako ng walang kapatawarang pagkakasala, sapagkat nagsinungaling ako sa Diyos; sapagkat itinatwa ko ang Cristo, at sinabing naniniwala ako sa mga banal na kasulatan; at tunay na nagpapatotoo ang mga ito sa kanya. At dahil sa nagsinungaling ako nang gayon sa Diyos ay labis akong natatakot at baka maging kakila-kilabot ang aking kalagayan; subalit nagtatapat ako sa Diyos.

20 At ito ay nangyari na, nang sabihin niya ang mga salitang ito ay hindi na siya nakapagsalita pa, at siya'y nalagutan ng hininga.

And I said unto him: What am I that I should tempt God to show unto thee a sign in the thing which thou knowest to be true? Yet thou wilt deny it, because thou art of the devil. Nevertheless, not my will be done; but if God shall smite thee, let that be a sign unto thee that he has power, both in heaven and in earth; and also, that Christ shall come. And thy will, O Lord, be done, and not mine.

And it came to pass that when I, Jacob, had spoken these words, the power of the Lord came upon him, insomuch that he fell to the earth. And it came to pass that he was nourished for the space of many days.

And it came to pass that he said unto the people: Gather together on the morrow, for I shall die; wherefore, I desire to speak unto the people before I shall die.

And it came to pass that on the morrow the multitude were gathered together; and he spake plainly unto them and denied the things which he had taught them, and confessed the Christ, and the power of the Holy Ghost, and the ministering of angels.

And he spake plainly unto them, that he had been deceived by the power of the devil. And he spake of hell, and of eternity, and of eternal punishment.

And he said: I fear lest I have committed the unpardonable sin, for I have lied unto God; for I denied the Christ, and said that I believed the scriptures; and they truly testify of him. And because I have thus lied unto God I greatly fear lest my case shall be awful; but I confess unto God.

And it came to pass that when he had said these words he could say no more, and he gave up the ghost.

- 21 At nang masaksihan ng maraming tao na sinabi niya ang mga bagay na ito nang malapit na siyang malagutan ng hininga, labis silang namangha; kung kaya't bumaba ang kapangyarihan ng Diyos sa kanila, at nadaig sila at nangabuwal sila sa lupa.
- 22 Ngayon, kasiya-siya ang bagay na ito sa akin, si Jacob, sapagkat hiniling ko ito sa aking Ama na nasa langit; sapagkat dininig niya ang aking pagsusumamo at tinugon ang aking panalangin.
- 23 At ito ay nangyari na, na ang kapayapaan at ang pag-ibig sa Diyos ay muling nanumbalik sa mga tao; at sinaliksik nila ang mga banal na kasulatan, at hindi na pinakinggan ang mga salita ng masamang taong ito.
- 24 At ito ay nangyari na, na maraming pamamaraan ang ginawa upang mabawi at maibalik ang mga Lamanita sa kaalaman ng katotohanan; subalit lahat ng ito ay nawalang-saysay, sapagkat nalulugod sila sa mga digmaan at pagpapadanak ng dugo, at mayroon silang walang hanggang pagkapoot sa amin, na kanilang mga kapatid. At patuloy na hinangad nilang lipulin kami sa pamamagitan ng lakas ng kanilang mga sandata.
- 25 Anupa't, ang mga tao ni Nephi ay nagpakatatag laban sa kanila sa pamamagitan ng kanilang mga sandata, at sa pamamagitan ng kanilang buong lakas, nagtitiwala sa Diyos at bato ng kanilang kaligtasan; kaya nga, sila sa ngayon ay naging manlulupig ng kanilang mga kaaway.
- 26 At ito ay nangyari na, na ako, si Jacob, ay nagsimulang tumanda; at ang talaan ng mga taong ito na iniingatan sa isa pang mga lamina ni Nephi, anupa't tinatapos ko ang talaang ito, ipinahahayag na sumulat ako ayon sa abot ng aking kaalaman, sa pamamagitan ng pagsasabing lumipas na ang panahon sa amin, at lumipas din ang mga taon ng aming buhay na tulad ng isang panaginip, kami na mga taong malulungkot at mapitagan, mga palaboy, itinaboy palabas ng Jerusalem, isinilang sa pagdurusa, sa ilang, at kinapopootan ng aming mga kapatid, na naging sanhi ng mga digmaan at alitan; kung kaya nga, ipinagdadalamhati namin ang aming mga araw.

And when the multitude had witnessed that he spake these things as he was about to give up the ghost, they were astonished exceedingly; insomuch that the power of God came down upon them, and they were overcome that they fell to the earth.

Now, this thing was pleasing unto me, Jacob, for I had requested it of my Father who was in heaven; for he had heard my cry and answered my prayer.

And it came to pass that peace and the love of God was restored again among the people; and they searched the scriptures, and hearkened no more to the words of this wicked man.

And it came to pass that many means were devised to reclaim and restore the Lamanites to the knowledge of the truth; but it all was vain, for they delighted in wars and bloodshed, and they had an eternal hatred against us, their brethren. And they sought by the power of their arms to destroy us continually.

Wherefore, the people of Nephi did fortify against them with their arms, and with all their might, trusting in the God and rock of their salvation; wherefore, they became as yet, conquerors of their enemies.

And it came to pass that I, Jacob, began to be old; and the record of this people being kept on the other plates of Nephi, wherefore, I conclude this record, declaring that I have written according to the best of my knowledge, by saying that the time passed away with us, and also our lives passed away like as it were unto us a dream, we being a lonesome and a solemn people, wanderers, cast out from Jerusalem, born in tribulation, in a wilderness, and hated of our brethren, which caused wars and contentions; wherefore, we did mourn out our days.

At ako, si Jacob, ay nadamang malapit na akong bumaba sa aking libingan; kaya nga, sinabi ko sa aking anak na si Enos: Kunin mo ang mga laminang ito. At sinabi ko sa kanya ang mga bagay na iniutos sa akin ng aking kapatid na si Nephi, at nangako siyang susunod sa mga utos. At tinatapos ko ang aking pagsusulat sa mga laminang ito, kung aling nasusulat ay kakaunti lamang; at nagpapaalam ako sa mambabasa, umaasa na marami sa aking mga kapatid ang makababasa ng aking mga salita. Mga kapatid, paalam.

And I, Jacob, saw that I must soon go down to my grave; wherefore, I said unto my son Enos: Take these plates. And I told him the things which my brother Nephi had commanded me, and he promised obedience unto the commands. And I make an end of my writing upon these plates, which writing has been small; and to the reader I bid farewell, hoping that many of my brethren may read my words. Brethren, adieu.

## Ang Aklat ni Enos

- 1 Masdan, ito ay nangyari na, na ako, si Enos, na nakakikilala sa aking ama na siya ay isang makatarungang tao—sapagkat tinuruan niya ako sa kanyang wika, at gayundin sa pag-aalaga at pagpapayo ng Panginoon—at purihin ang pangalan ng aking Diyos dahil dito.
- 2 At sasabihin ko sa inyo ang pakikipagtunggaling aking ginawa sa harapan ng Diyos, bago ko natanggap ang kapatawaran ng aking mga kasalanan.
- 3 Masdan, ako ay humayo upang mangaso sa mga kagubatan; at ang mga salitang madalas kong marinig na sinasabi ng aking ama hinggil sa buhay na walang hanggan, at ang kagalakan ng mga banal, ay tumimo nang malalim sa aking puso.
- 4 At ang aking kaluluwa ay nagutom; at ako ay lumuhod sa harapan ng aking Lumikha, at ako ay nagsumamo sa kanya sa mataimtim na panalangin at hinaing para sa aking sariling kaluluwa; at sa buong araw ako ay nagsumamo sa kanya; oo, at nang dumating ang gabi ay inilakas ko pa ang aking tinig sa kaitaasan kung kaya't iyon ay nakarating sa kalangitan.
- 5 At doon ay nangusap ang isang tinig sa akin, sinasabing: Enos, ang iyong mga kasalanan ay pinatatawad na, at ikaw ay pagpapalain.
- 6 At ako, si Enos, nalalaman na ang Diyos ay hindi makapagsisinungaling, kaya nga, ang aking pagkakasala ay napalis.
- 7 At aking sinabi: Panginoon, paano ito nangyari?
- 8 At sinabi niya sa akin: Dahil sa iyong pananampalataya kay Cristo, na hindi mo pa kailanman narinig o nakita. At maraming taon ang lilipas bago niya ipakikita ang kanyang sarili sa laman; samakatwid humayo ka, ang iyong pananampalataya ang nagpagaling sa iyo.
- 9 Ngayon, ito ay nangyari na, nang aking marinig ang mga salitang ito, ako ay nagsimulang makadama ng pagnanais para sa kapakanan ng aking mga kapatid, ang mga Nephita; kung kaya't ibinuhos ko ang aking buong kaluluwa sa Diyos para sa kanila.

## The Book of Enos

Behold, it came to pass that I, Enos, knowing my father that he was a just man—for he taught me in his language, and also in the nurture and admonition of the Lord—and blessed be the name of my God for it—

And I will tell you of the wrestle which I had before God, before I received a remission of my sins.

Behold, I went to hunt beasts in the forests; and the words which I had often heard my father speak concerning eternal life, and the joy of the saints, sunk deep into my heart.

And my soul hungered; and I kneeled down before my Maker, and I cried unto him in mighty prayer and supplication for mine own soul; and all the day long did I cry unto him; yea, and when the night came I did still raise my voice high that it reached the heavens.

And there came a voice unto me, saying: Enos, thy sins are forgiven thee, and thou shalt be blessed.

And I, Enos, knew that God could not lie; wherefore, my guilt was swept away.

And I said: Lord, how is it done?

And he said unto me: Because of thy faith in Christ, whom thou hast never before heard nor seen. And many years pass away before he shall manifest himself in the flesh; wherefore, go to, thy faith hath made thee whole.

Now, it came to pass that when I had heard these words I began to feel a desire for the welfare of my brethren, the Nephites; wherefore, I did pour out my whole soul unto God for them.

- 10 At samantalang ako ay nasa gayong pagpupunyagi sa espiritu, masdan, ang tinig ng Panginoon ay sumaisip kong muli, sinasabing: Ako ay dadalaw sa iyong mga kapatid alinsunod sa kanilang pagsusumigasig sa pagsunod sa aking mga kautusan. Ibinigay ko sa kanila ang lupaing ito, at ito ay isang banal na lupaing; at ito ay hindi ko isusumpa maliban sa kadahilanan ng kasamaan; anupa't ako ay dadalaw sa iyong mga kapatid alinsunod sa aking sinabi; at ang kanilang mga kasalanan ay ipapataw ko nang may kalungkutan sa kanilang sariling mga ulo.
- 11 At matapos na ako, si Enos, ay marinig ang mga salitang ito, ang aking pananampalataya ay nagsimulang maging matatag sa Panginoon; at ako ay nanalangin sa kanya sa mahabang pagpupunyagi para sa aking mga kapatid, ang mga Lamanita.
- 12 At ito ay nangyari na, na matapos na ako ay manalangin at nagpagal nang buong pagsusumigasig, ang Panginoon ay nagsabi sa akin: Ipagkakaloob ko sa iyo ang alinsunod sa iyong mga naisin, dahil sa iyong pananampalataya.
- 13 At ngayon, masdan, ito ang naising hiniling ko sa kanya—na kung mangyayari, na ang aking mga tao, ang mga Nephita, ay mahuhulog sa paglabag, at sa anumang paraan ay malipol, at ang mga Lamanita ay hindi malilipol, na ang Panginoong Diyos ay mangangalaga ng talaan ng aking mga tao, ang mga Nephita; maging ito man ay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kanyang banal na bisig, nang ito ay madala sa mga darating na araw sa mga Lamanita, na baka sakali, sila ay madala sa kaligtasan—
- 14 Sapagkat sa kasalukuyan, ang aming pagpupunyaging mapanumbalik sila sa tunay na pananampalataya ay walang saysay. At sila ay sumumpa sa kanilang kapootan na kung maaari, wawasakin nila kami at ang aming mga talaan, at gayundin ang lahat ng kaugalian ng aming mga ama.
- 15 Samakatwid, ako, nalalamang mapangangalagaan ng Panginoong Diyos ang aming mga talaan, ako ay patuloy na nagsumamo sa kanya, sapagkat sinabi niya sa akin: Ang anumang bagay na iyong hihingin nang may pananampalataya, naniniwalang iyong tatanggapin sa pangalan ni Cristo, ito ay matatanggap mo.

And while I was thus struggling in the spirit, behold, the voice of the Lord came into my mind again, saying: I will visit thy brethren according to their diligence in keeping my commandments. I have given unto them this land, and it is a holy land; and I curse it not save it be for the cause of iniquity; wherefore, I will visit thy brethren according as I have said; and their transgressions will I bring down with sorrow upon their own heads.

And after I, Enos, had heard these words, my faith began to be unshaken in the Lord; and I prayed unto him with many long strugglings for my brethren, the Lamanites.

And it came to pass that after I had prayed and labored with all diligence, the Lord said unto me: I will grant unto thee according to thy desires, because of thy faith.

And now behold, this was the desire which I desired of him—that if it should so be, that my people, the Nephites, should fall into transgression, and by any means be destroyed, and the Lamanites should not be destroyed, that the Lord God would preserve a record of my people, the Nephites; even if it so be by the power of his holy arm, that it might be brought forth at some future day unto the Lamanites, that, perhaps, they might be brought unto salvation—

For at the present our strugglings were vain in restoring them to the true faith. And they swore in their wrath that, if it were possible, they would destroy our records and us, and also all the traditions of our fathers.

Wherefore, I knowing that the Lord God was able to preserve our records, I cried unto him continually, for he had said unto me: Whatsoever thing ye shall ask in faith, believing that ye shall receive in the name of Christ, ye shall receive it.

- 16 At ako ay may pananampalataya, at ako ay nagsumamo sa Diyos na kanyang pangalagaan ang mga talaan, at siya ay nakipagtipan sa akin na kanya itong dadalhin sa mga Lamanita sa kanyang sariling takdang panahon.
- 17 At ako, si Enos, nalalamang ito ay alinsunod sa tipang kanyang ginawa; kaya nga, ang aking kaluluwa ay napayapa.
- 18 At sinabi sa akin ng Panginoon: Ang iyong mga ama ay humiling din sa akin ng bagay na ito; at ito ay mangyayari sa kanila alinsunod sa kanilang pananampalataya; sapagkat ang kanilang pananampalataya ay katulad din ng sa iyo.
- 19 At ngayon ito ay nangyari na, na ako, si Enos, ay humayo sa mga tao ni Nephi, nagpopropesiya ng mga bagay na darating, at nagpapatotoo sa mga bagay na aking narinig at nakita.
- 20 At ako ay nagpapatotoo na ang mga tao ni Nephi ay buong sigasig na nagsikap upang mapanumbalik ang mga Lamanita sa tunay na pananampalataya sa Diyos. Ngunit ang aming mga pagpapagal ay nawalan ng saysay; ang kanilang poot ay di matinag, at sila ay naakay ng kanilang likas na kasamaan kaya nga't sila ay naging mababangis, at malulupit, at mga taong uhaw sa dugo, puno ng pagsamba sa diyus-diyusan at karumihan; nabubusog sa mga hayop na maninila; nananahanan sa mga tolda, at gumagala sa ilang na may isang maigsing bigkis na balat sa kanilang mga balakang at ang kanilang mga ulo ay ahit; at ang kanilang kahusayan ay sa pana, at sa simitar at sa palakol. At karamihan sa kanila ay hindi kumakain maliban sa ito ay hilaw na karne; at sila ay patuloy na naghahangad na lipulin kami.
- 21 At ito ay nangyari na, na ang mga tao ni Nephi ay nagbungkal ng lupa, at nagtanim ng lahat ng uri ng butil, at bungang-kahoy, at mga kawan ng mga hayop, at mga kawan ng lahat ng uri ng baka, at mga kambing, at mailap na kambing, at gayundin ng maraming kabayo.
- 22 At lubhang maraming propeta sa amin. At ang mga tao ay mga taong matitigas ang leeg, mahirap makaunawa.

And I had faith, and I did cry unto God that he would preserve the records; and he covenanted with me that he would bring them forth unto the Lamanites in his own due time.

And I, Enos, knew it would be according to the covenant which he had made; wherefore my soul did rest.

And the Lord said unto me: Thy fathers have also required of me this thing; and it shall be done unto them according to their faith; for their faith was like unto thine.

And now it came to pass that I, Enos, went about among the people of Nephi, prophesying of things to come, and testifying of the things which I had heard and seen.

And I bear record that the people of Nephi did seek diligently to restore the Lamanites unto the true faith in God. But our labors were vain; their hatred was fixed, and they were led by their evil nature that they became wild, and ferocious, and a blood-thirsty people, full of idolatry and filthiness; feeding upon beasts of prey; dwelling in tents, and wandering about in the wilderness with a short skin girdle about their loins and their heads shaven; and their skill was in the bow, and in the cimeter, and the ax. And many of them did eat nothing save it was raw meat; and they were continually seeking to destroy us.

And it came to pass that the people of Nephi did till the land, and raise all manner of grain, and of fruit, and flocks of herds, and flocks of all manner of cattle of every kind, and goats, and wild goats, and also many horses.

And there were exceedingly many prophets among us. And the people were a stiffnecked people, hard to understand.

- 23 At wala nang ibang bagay maliban sa karahasan, pangangaral at pagpopropesiya ng mga digmaan, at mga alitan, at mga pagkawasak, at patuloy na pagpapaalaala sa kanila ng kamatayan, at ng tagal ng kawalang-hanggan, at ng mga hatol at ng kapangyarihan ng Diyos, at lahat ng bagay na yaon—patuloy na pinupukaw sila upang manatili sila sa pagkatakot sa Panginoon. Sinasabi ko na walang kulang sa mga bagay na ito, at labis na malaking kalinawan ng pananalita, ang mag-aadya sa kanila mula sa mabilis na pagbaba sa pagkalipol. At ayon sa ganitong pamamaraan, ako ay sumulat hinggil sa kanila.
- 24 At nakita ko ang mga digmaang namagitan sa mga Nephita at Lamanita sa paglipas ng aking mga araw.
- 25 At ito ay nangyari na, na ako ay nagsimulang tumanda, at isandaan at pitumpu at siyam na taon na ang lumipas mula sa panahon na ang aming amang si Lehi ay lumisan sa Jerusalem.
- 26 At nadama ko na sa madaling panahon ako ay bababa na sa aking libingan, na naatasan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos na ako ay kailangang mangaral at magpropesiya sa mga taong ito, at ipahayag ang salita alinsunod sa katotohanan na na kay Cristo. At ipinahayag ko iyon sa lahat ng aking mga araw, at nagsaya sa mga iyon nang higit sa anupaman sa daigdig.
- 27 At ako sa madaling panahon ay tutungo sa pook ng aking kapahingahan, kung saan ko makakasama ang aking Manunubos; sapagkat alam ko na sa kanya ako ay magkakaroon ng pamamahinga. At ako ay magsasaya sa araw na ang aking pagiging may kamatayan ay mabibihisan ng kawalang-kamatayan, at tatayo sa kanyang harapan; sa gayon, makikita ko ang kanyang mukha nang may katuwaan, at sasabihin niya sa akin: Lumapit ka sa akin, ikaw na pinagpala, may isang pook na inihanda para sa iyo sa mga mansiyon ng aking Ama. Amen.

And there was nothing save it was exceeding harshness, preaching and prophesying of wars, and contentions, and destructions, and continually reminding them of death, and the duration of eternity, and the judgments and the power of God, and all these things—stirring them up continually to keep them in the fear of the Lord. I say there was nothing short of these things, and exceedingly great plainness of speech, would keep them from going down speedily to destruction. And after this manner do I write concerning them.

And I saw wars between the Nephites and Lamanites in the course of my days.

And it came to pass that I began to be old, and an hundred and seventy and nine years had passed away from the time that our father Lehi left Jerusalem.

And I saw that I must soon go down to my grave, having been wrought upon by the power of God that I must preach and prophesy unto this people, and declare the word according to the truth which is in Christ. And I have declared it in all my days, and have rejoiced in it above that of the world.

And I soon go to the place of my rest, which is with my Redeemer; for I know that in him I shall rest. And I rejoice in the day when my mortal shall put on immortality, and shall stand before him; then shall I see his face with pleasure, and he will say unto me: Come unto me, ye blessed, there is a place prepared for you in the mansions of my Father. Amen.



## Ang Aklat ni Jarom

- 1 Ngayon masdan, ako, si Jarom, ay sumusulat ng ilang salita alinsunod sa kautusan ng aking ama, si Enos, upang maingatan ang aming talaangkanan.
- 2 At dahil sa maliliit ang mga laminang ito, at dahil ang mga bagay na ito ay nasusulat sa paghahangad ng kapakanan ng aming mga kapatid, ang mga Lamanita, anupa't talagang kinakailangang makapagsulat ako nang kaunti; subalit hindi ako magsusulat ng mga bagay ng aking pagpopropesiya, ni ng aking mga paghahayag. Sapagkat ano pa ba ang maisusulat ko na makahihigit pa kaysa mga naisulat na ng aking mga ama? Sapagkat hindi ba't kanilang inihayag ang plano ng kaligtasan? Sinasabi ko sa inyo, Oo; at sapat na ito sa akin.
- 3 Masdan, kinakailangang marami pa ang gawin sa mga taong ito, dahil sa katigasan ng kanilang mga puso, at sa kabingihan ng kanilang mga tainga, at sa kabulagan ng kanilang mga isipan, at sa katigasan ng kanilang mga leeg; gayon pa man, labis na maawain ang Diyos sa kanila, at hindi pa sila pinapalis sa ibabaw ng lupain.
- 4 At marami sa amin ang nakatatanggap ng maraming paghahayag, sapagkat hindi lahat sila ay matitigas ang leeg. At kasindami ng hindi matitigas ang leeg at may pananampalataya, ay may pakikipag-ugnayan sa Banal na Espiritu, na nagbibigay-alam sa mga anak ng tao, alinsunod sa kanilang pananampalataya.
- 5 At ngayon, masdan, nakalipas na ang dalawang daang taon, at ang mga tao ni Nephi ay naging makapangyarihan sa lupain. Pinagsikapan nilang sundin ang mga batas ni Moises at gawing banal ang araw ng sabbath sa Panginoon. At hindi sila nawalan ng pitagan; ni nanlapastangan sila. At ang mga batas ng lupain ay napakahigpit.
- 6 At nakakalat sila sa halos lahat ng dako ng lupain, at gayon din ang mga Lamanita. At higit silang nakararami kaysa sa mga Nephita; at ikinagagalak nila ang pumaslang at iniinom ang dugo ng mga hayop.

## The Book of Jarom

Now behold, I, Jarom, write a few words according to the commandment of my father, Enos, that our genealogy may be kept.

And as these plates are small, and as these things are written for the intent of the benefit of our brethren the Lamanites, wherefore, it must needs be that I write a little; but I shall not write the things of my prophesying, nor of my revelations. For what could I write more than my fathers have written? For have not they revealed the plan of salvation? I say unto you, Yea; and this sufficeth me.

Behold, it is expedient that much should be done among this people, because of the hardness of their hearts, and the deafness of their ears, and the blindness of their minds, and the stiffness of their necks; nevertheless, God is exceedingly merciful unto them, and has not as yet swept them off from the face of the land.

And there are many among us who have many revelations, for they are not all stiffnecked. And as many as are not stiffnecked and have faith, have communion with the Holy Spirit, which maketh manifest unto the children of men, according to their faith.

And now, behold, two hundred years had passed away, and the people of Nephi had waxed strong in the land. They observed to keep the law of Moses and the sabbath day holy unto the Lord. And they profaned not; neither did they blaspheme. And the laws of the land were exceedingly strict.

And they were scattered upon much of the face of the land, and the Lamanites also. And they were exceedingly more numerous than were they of the Nephites; and they loved murder and would drink the blood of beasts.

7 At ito ay nangyari na, na maraming ulit silang sumalakay laban sa amin, na mga Nephita, upang makidigma. Subalit ang aming mga hari at aming mga pinuno ay mga makapangyarihang lalaki sa pananampalataya sa Panginoon; at itinuro nila sa mga tao ang mga landas ng Panginoon; anupa't nalabanan namin ang mga Lamanita at naitaboy silang palabas ng aming mga lupain, at nagsimulang patibayin ang aming mga lunsod, o alinmang lugar na aming mana.

8 At labis kaming dumami, at nagsikalat sa ibabaw ng lupain, at naging labis na mayaman sa ginto, at sa pilak, at sa mahahalagang bagay, at sa mahusay na pagyari ng kahoy, sa mga gusali, at sa mga makinarya, at gayon din sa bakal at tanso, at asero, gumagawa ng lahat ng uri ng kagamitan ng bawat uri upang makapagbungkal ng lupa, at mga sandata ng digmaan—oo, ang matulis na palaso, at ang sisidlan ng pana, at ang tunod, at ang sibat, at lahat ng paghahanda para sa digmaan.

9 At sa gayon nakahandang harapin ang mga Lamanita, hindi sila namayani laban sa amin. Subalit ang salita ng Panginoon ay napatunayan, na kanyang sinabi sa aming mga ama, sinasabi na: Habang inyong sinusunod ang aking mga kautusan kayo ay uunlad sa lupain.

10 At ito ay nangyari na, na binigyang-babala ng mga propeta ng Panginoon ang mga tao ni Nephi, alinsunod sa salita ng Diyos, na kung hindi nila susundin ang mga kautusan, bagkus ay mahuhulog sa paglabag, na kinakailangan silang lipulin mula sa ibabaw ng lupain.

11 Kaya nga, ang mga propeta, at ang mga saserdote, at ang mga guro, ay masisigasig na nagpagal, pinapayuhan nang may mahabang pagtitiis ang mga tao na magsumigasig; itinuturo ang mga batas ni Moises, at ang hangarin ng pagbibigay nito; hinihikayat silang umasa sa Mesiyas, at maniwalang siya ay paparito na para bagang pumarito na siya. At sa ganitong pamamaraan nila tinuruan sila.

12 At ito ay nangyari na, na sa paggawa nito ay naiadya nila ang kanilang pagkalipol sa ibabaw ng lupain; sapagkat dinuro nila ang kanilang mga puso sa pamamagitan ng salita, patuloy na pinupukaw sila sa pagsisisi.

And it came to pass that they came many times against us, the Nephites, to battle. But our kings and our leaders were mighty men in the faith of the Lord; and they taught the people the ways of the Lord; wherefore, we withstood the Lamanites and swept them away out of our lands, and began to fortify our cities, or whatsoever place of our inheritance.

And we multiplied exceedingly, and spread upon the face of the land, and became exceedingly rich in gold, and in silver, and in precious things, and in fine workmanship of wood, in buildings, and in machinery, and also in iron and copper, and brass and steel, making all manner of tools of every kind to till the ground, and weapons of war—yea, the sharp pointed arrow, and the quiver, and the dart, and the javelin, and all preparations for war.

And thus being prepared to meet the Lamanites, they did not prosper against us. But the word of the Lord was verified, which he spake unto our fathers, saying that: Inasmuch as ye will keep my commandments ye shall prosper in the land.

And it came to pass that the prophets of the Lord did threaten the people of Nephi, according to the word of God, that if they did not keep the commandments, but should fall into transgression, they should be destroyed from off the face of the land.

Wherefore, the prophets, and the priests, and the teachers, did labor diligently, exhorting with all long-suffering the people to diligence; teaching the law of Moses, and the intent for which it was given; persuading them to look forward unto the Messiah, and believe in him to come as though he already was. And after this manner did they teach them.

And it came to pass that by so doing they kept them from being destroyed upon the face of the land; for they did prick their hearts with the word, continually stirring them up unto repentance.

13 At ito ay nangyari na, na lumipas ang dalawang daan at tatlumpu at walong taon—alinsunod sa alitan, at mga kaguluhan, at mga pagtatalu-talo, sa loob ng maraming panahon.

14 At ako, si Jarom, ay hindi na magsusulat pa, sapagkat maliliit ang mga lamina. Subalit masdan, aking mga kapatid, maaari kayong sumangguni sa isa pang mga lamina ni Nephi; sapagkat masdan, sa mga yaon nauukit ang mga talaan ng aming mga digmaan, ayon sa mga sulat ng mga hari, o yaong mga ipinasulat nila.

15 At ibinibigay ko ang mga laminang ito sa mga kamay ng aking anak na lalaki na si Omni, upang ang mga ito ay maingatan alinsunod sa mga kautusan ng aking mga ama.

And it came to pass that two hundred and thirty and eight years had passed away—after the manner of wars, and contentions, and dissensions, for the space of much of the time.

And I, Jarom, do not write more, for the plates are small. But behold, my brethren, ye can go to the other plates of Nephi; for behold, upon them the records of our wars are engraven, according to the writings of the kings, or those which they caused to be written.

And I deliver these plates into the hands of my son Omni, that they may be kept according to the commandments of my fathers.

# Ang Aklat ni Omni

- 1 Masdan, ito ay nangyari na, na ako, si Omni, na inutusan ng aking ama, si Jarom, na dapat akong magsulat kahit paano sa mga laminang ito, upang mapangalagaan ang aming talaangkanan—
- 2 Anupa't sa mga araw ko, nais kong malaman ninyo na nakipaglaban ako nang husto sa pamamagitan ng espada upang mapangalagaan ang aking mga tao, ang mga Nephita, mula sa pagkahulog sa mga kamay ng kanilang mga kaaway, ang mga Lamanita. Subalit masdan, ako rin sa aking sarili ay isang masamang tao, at hindi ko sinunod ang mga batas at ang mga kautusan ng Panginoon na dapat ko sanang ginawa.
- 3 At ito ay nangyari na, na lumipas ang dalawang daan at pitumpu at anim na taon, at nagkaroon kami ng mahabang panahon ng kapayapaan; at nagkaroon kami ng mahabang panahon ng malubhang digmaan at pagdanak ng dugo. Oo, at sa madaling salita, lumipas ang dalawang daan at walumpu at dalawang taon, at iningatan ko ang mga laminang ito alinsunod sa mga kautusan ng aking mga ama; at ipinagkatiwala ko ang mga ito sa aking anak na lalaki na si Ameron. At ako ay nagtatapos.
- 4 At ngayon, ako, si Ameron, ay isinusulat ang anumang mga bagay na aking maisusulat, na kakaunti, sa aklat ng aking ama.
- 5 Masdan, ito ay nangyari na, na lumipas ang tatlong daan at dalawampung taon, at ang higit na masasamang bahagi ng mga Nephita ay nalipol.
- 6 Sapagkat hindi pahihintulutan ng Panginoon, matapos niya silang akayin palabas ng lupain ng Jerusalem at inaruga at pinangalagaan sila upang hindi bumagsak sa mga kamay ng kanilang mga kaaway, oo, hindi niya ipahihintulot na hindi mapatunayan ang mga salita, na kanyang sinabi sa aming mga ama, sinasabi na: Habang hindi kayo sumusunod sa aking mga kautusan kayo ay hindi uunlad sa lupain.
- 7 Kaya nga, pinarusahan sila ng Panginoon sa dakilang paghahatol; gayon pa man, kinaawaan niya ang mga matwid upang hindi sila mangasawi, kundi iniligtas sila mula sa mga kamay ng kanilang mga kaaway.

# The Book of Omni

Behold, it came to pass that I, Omni, being commanded by my father, Jarom, that I should write somewhat upon these plates, to preserve our genealogy—

Wherefore, in my days, I would that ye should know that I fought much with the sword to preserve my people, the Nephites, from falling into the hands of their enemies, the Lamanites. But behold, I of myself am a wicked man, and I have not kept the statutes and the commandments of the Lord as I ought to have done.

And it came to pass that two hundred and seventy and six years had passed away, and we had many seasons of peace; and we had many seasons of serious war and bloodshed. Yea, and in fine, two hundred and eighty and two years had passed away, and I had kept these plates according to the commandments of my fathers; and I conferred them upon my son Amaron. And I make an end.

And now I, Amaron, write the things whatsoever I write, which are few, in the book of my father.

Behold, it came to pass that three hundred and twenty years had passed away, and the more wicked part of the Nephites were destroyed.

For the Lord would not suffer, after he had led them out of the land of Jerusalem and kept and preserved them from falling into the hands of their enemies, yea, he would not suffer that the words should not be verified, which he spake unto our fathers, saying that: Inasmuch as ye will not keep my commandments ye shall not prosper in the land.

Wherefore, the Lord did visit them in great judgment; nevertheless, he did spare the righteous that they should not perish, but did deliver them out of the hands of their enemies.

- 8 At ito ay nangyari na, na ibinigay ko ang mga lamina sa aking kapatid na si Chemis.
- 9 Ngayon ako, si Chemis, ay isinusulat ang kaunting bagay na aking maisusulat, sa yaon ding aklat na kasama ng aking kapatid; sapagkat masdan, nakita ko ang huli niyang isinulat, na isinulat niya ito sa pamamagitan ng sarili niyang kamay; at isinulat niya ito sa araw na ibinigay niya ang mga ito sa akin. At sa ganitong pamamaraan namin iningatan ang mga talaan, sapagkat alinsunod ito sa mga kautusan ng aming mga ama. At ako ay nagtatapos.
- 10 Masdan, ako, si Abinadom, ay anak na lalaki ni Chemis. Masdan, ito ay nangyari na, na nakakita ako ng maraming digmaan at kaguluhan sa pagitan ng aking mga tao, ang mga Nephita, at ang mga Lamanita; at ako, sa pamamagitan ng aking sariling espada, ay kinitil ang buhay ng marami sa mga Lamanita sa pagtatanggol sa aking mga kapatid.
- 11 At masdan, ang talaan ng mga taong ito ay nauukit sa mga laminang nasa pag-iingat ng mga hari, alinsunod sa mga salinlahi; at walang paghahayag akong nalalaman maliban sa mga yaong nasusulat, ni propesiya; anupa't sapat na ang yaong nasusulat. At ako ay nagtatapos.
- 12 Masdan, ako si Amaleki, ang anak na lalaki ni Abinadom. Masdan, ako ay mangungusap sa inyo kahit paano hinggil kay Mosias, na siyang ginawang hari sa lupain ng Zarahemla; sapagkat masdan, siya na binigyang-babala ng Panginoon na dapat siyang tumakas palabas ng lupain ng Nephi, at kasindami ng makikinig sa tinig ng Panginoon ay nararapat ding lisanin ang lupain na kasama niya, patungo sa ilang—
- 13 At ito ay nangyari na, na ginawa niya ang naayon sa iniutos sa kanya ng Panginoon. At nilisan nila ang lupain patungo sa ilang, kasindami ng nakinig sa tinig ng Panginoon; at pinatnubayan sila sa pamamagitan ng maraming pangangaral at pagpopropesiya. At patuloy silang pinaaalalahanan sa pamamagitan ng salita ng Diyos; at inakay sila sa pamamagitan ng lakas ng kanyang bisig, mula sa ilang hanggang sa makarating sila sa lupaing tinatawag na lupain ng Zarahemla.

And it came to pass that I did deliver the plates unto my brother Chemish.

Now I, Chemish, write what few things I write, in the same book with my brother; for behold, I saw the last which he wrote, that he wrote it with his own hand; and he wrote it in the day that he delivered them unto me. And after this manner we keep the records, for it is according to the commandments of our fathers. And I make an end.

Behold, I, Abinadom, am the son of Chemish. Behold, it came to pass that I saw much war and contention between my people, the Nephites, and the Lamanites; and I, with my own sword, have taken the lives of many of the Lamanites in the defence of my brethren.

And behold, the record of this people is engraven upon plates which is had by the kings, according to the generations; and I know of no revelation save that which has been written, neither prophecy; wherefore, that which is sufficient is written. And I make an end.

Behold, I am Amaleki, the son of Abinadom. Behold, I will speak unto you somewhat concerning Mosiah, who was made king over the land of Zarahemla; for behold, he being warned of the Lord that he should flee out of the land of Nephi, and as many as would hearken unto the voice of the Lord should also depart out of the land with him, into the wilderness—

And it came to pass that he did according as the Lord had commanded him. And they departed out of the land into the wilderness, as many as would hearken unto the voice of the Lord; and they were led by many preachings and prophesyings. And they were admonished continually by the word of God; and they were led by the power of his arm, through the wilderness until they came down into the land which is called the land of Zarahemla.

- 14 At natagpuan nila ang isang pangkat ng mga tao, na tinatawag na mga tao ni Zarahemla. Ngayon, nagkaroon ng labis na pagsasaya sa mga tao ni Zarahemla; at labis ding nagalak si Zarahemla, sapagkat isinugo ng Panginoon ang mga tao ni Mosias na dala ang mga laminang tanso na naglalaman ng talaan ng mga Judio.
- 15 Masdan, ito ay nangyari na, na natuklasan ni Mosias na ang mga tao ni Zarahemla ay nagmula sa Jerusalem sa panahon na si Zedekias, ang hari ng Juda, ay dinalang bihag sa Babilonia.
- 16 At naglakbay sila sa ilang, at dinala ng kamay ng Panginoon sa kabila ng malalaking tubig, sa lupain kung saan sila natagpuan ni Mosias; at simula noon ay roon na sila nanirahan.
- 17 At sa panahong natagpuan sila ni Mosias, labis na ang kanilang idinami. Gayon pa man, nagkaroon na sila ng maraming digmaan at malulubhang alitan, at mga bumagsak sa pamamagitan ng espada sa panahon; at ang kanilang wika ay naging marumi; at wala silang dinalang mga talaan; at itinatwa nila ang pagkatao ng kanilang Lumikha; at si Mosias, ni ang mga tao ni Mosias ay hindi sila maunawaan.
- 18 Subalit ito ay nangyari na, na nag-utos si Mosias na turuan sila ng kanyang wika. At ito ay nangyari na, na matapos silang maturuan ng wika ni Mosias, si Zarahemla ay nagbigay ng talaangkanan ng kanyang mga ama, ayon sa kanyang alaala; at ang mga ito ay isinulat, subalit hindi sa mga laminang ito.
- 19 At ito ay nangyari na, na ang mga tao ni Zarahemla, at ni Mosias ay nagsama-sama; at si Mosias ay hinirang na maging kanilang hari.
- 20 At ito ay nangyari na, na sa panahon ni Mosias, may dinalang isang malaking bato sa kanya na may mga nakaukit; at ipinaliwanag niya ang mga nauukit sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos.
- 21 At nagbigay-salaysay ang mga ito hinggil sa isang Coriantumer, at sa pagkapatay ng kanyang mga tao. At si Coriantumer ay natagpuan ng mga tao ni Zarahemla; at namuhay siyang kasama nila sa loob ng siyam na buwan.

And they discovered a people, who were called the people of Zarahemla. Now, there was great rejoicing among the people of Zarahemla; and also Zarahemla did rejoice exceedingly, because the Lord had sent the people of Mosiah with the plates of brass which contained the record of the Jews.

Behold, it came to pass that Mosiah discovered that the people of Zarahemla came out from Jerusalem at the time that Zedekiah, king of Judah, was carried away captive into Babylon.

And they journeyed in the wilderness, and were brought by the hand of the Lord across the great waters, into the land where Mosiah discovered them; and they had dwelt there from that time forth.

And at the time that Mosiah discovered them, they had become exceedingly numerous. Nevertheless, they had had many wars and serious contentions, and had fallen by the sword from time to time; and their language had become corrupted; and they had brought no records with them; and they denied the being of their Creator; and Mosiah, nor the people of Mosiah, could understand them.

But it came to pass that Mosiah caused that they should be taught in his language. And it came to pass that after they were taught in the language of Mosiah, Zarahemla gave a genealogy of his fathers, according to his memory; and they are written, but not in these plates.

And it came to pass that the people of Zarahemla, and of Mosiah, did unite together; and Mosiah was appointed to be their king.

And it came to pass in the days of Mosiah, there was a large stone brought unto him with engravings on it; and he did interpret the engravings by the gift and power of God.

And they gave an account of one Coriantumr, and the slain of his people. And Coriantumr was discovered by the people of Zarahemla; and he dwelt with them for the space of nine moons.

- 22 At naglalahad din ito ng kaunting mga salita hinggil sa kanyang mga ama. At ang kanyang unang mga magulang ay nagmula sa tore sa panahong nilito ng Panginoon ang wika ng mga tao; at ang kabagsikan ng Panginoon ay sumapit sa kanila alinsunod sa kanyang mga paghuhukom, na makatarungan; at ang kanilang mga buto ay nakakalat sa lupaing pahilaga.
- 23 Masdan, ako, si Amaleki, ay isinilang sa panahon ni Mosias; at nabuhay ako hanggang sa masaksihan ko ang kanyang pagpanaw; at si Benjamin, ang kanyang anak na lalaki, ang humalili sa kanyang paghahari.
- 24 At masdan, aking nakita, sa panahon ni haring Benjamin, ang isang malubhang digmaan at labis na pagdanak ng dugo sa pagitan ng mga Nephita at ng mga Lamanita. Subalit masdan, ang mga Nephita ay nagkaroon ng malaking kalamangan sa kanila; oo, kung kaya't naitaboy silang palabas ni haring Benjamin sa lupain ng Zarahemla.
- 25 At ito ay nangyari na, na nagsimula akong tumanda; at, sa kawalan ng binhi, at nalalamang si haring Benjamin ay isang makatarungang tao sa harapan ng Panginoon, kaya nga, ibibigay ko ang mga laminang ito sa kanya, hinihikayat ang lahat ng tao na lumapit sa Diyos, ang Banal ng Israel, at maniwala sa pagpopropesiya, at sa mga paghahayag, at sa paglilingkod ng mga anghel, at sa kaloob na pagsasalita ng mga wika, at sa kaloob na pagpapaliwanag ng mga wika, at sa lahat ng mabuting bagay; sapagkat walang ano mang bagay na mabuti maliban sa ito ay nagmula sa Panginoon: at yaong masama ay nagmumula sa diyablo.
- 26 At ngayon, mga minamahal kong kapatid, nais kong lumapit kayo kay Cristo, na siyang Banal ng Israel, at makibahagi sa kanyang kaligtasan, at sa kapangyarihan ng kanyang pagtubos. Oo, lumapit sa kanya, at ialay ang inyong buong kaluluwa bilang handog sa kanya, at magpatuloy sa pag-aayuno at pananalangin, at magtiis hanggang wakas; at yamang buhay ang Panginoon kayo ay maliligtas.
- 27 At ngayon mangungusap ako kahit paano hinggil sa ilang katao na umahon sa ilang upang bumalik sa lupain ng Nephi; sapagkat may malaking bilang ang nagnais na maangkin ang lupaing kanilang mana.

It also spake a few words concerning his fathers. And his first parents came out from the tower, at the time the Lord confounded the language of the people; and the severity of the Lord fell upon them according to his judgments, which are just; and their bones lay scattered in the land northward.

Behold, I, Amaleki, was born in the days of Mosiah; and I have lived to see his death; and Benjamin, his son, reigneth in his stead.

And behold, I have seen, in the days of king Benjamin, a serious war and much bloodshed between the Nephites and the Lamanites. But behold, the Nephites did obtain much advantage over them; yea, insomuch that king Benjamin did drive them out of the land of Zarahemla.

And it came to pass that I began to be old; and, having no seed, and knowing king Benjamin to be a just man before the Lord, wherefore, I shall deliver up these plates unto him, exhorting all men to come unto God, the Holy One of Israel, and believe in prophesying, and in revelations, and in the ministering of angels, and in the gift of speaking with tongues, and in the gift of interpreting languages, and in all things which are good; for there is nothing which is good save it comes from the Lord: and that which is evil cometh from the devil.

And now, my beloved brethren, I would that ye should come unto Christ, who is the Holy One of Israel, and partake of his salvation, and the power of his redemption. Yea, come unto him, and offer your whole souls as an offering unto him, and continue in fasting and praying, and endure to the end; and as the Lord liveth ye will be saved.

And now I would speak somewhat concerning a certain number who went up into the wilderness to return to the land of Nephi; for there was a large number who were desirous to possess the land of their inheritance.

- 28 Kaya nga, umahon sila sa ilang. At ang kanilang pinuno sapagkat malakas at makapangyarihang lalaki, at isang lalaking matigas ang leeg, anupa't naging sanhi siya ng alitan sa kanila; at silang lahat ay napatay, maliban sa limampu, sa ilang, at muli silang bumalik sa lupain ng Zarahemla.
- 29 At ito ay nangyari na, na nakapagsama sila ng marami pang iba, at muli silang naglakbay patungo sa ilang.
- 30 At ako, si Amaleki, ay may isang kapatid na lalaki, na sumama rin sa kanila; at simula noon ay wala na akong nabalitaan pa hinggil sa kanila. At nalalapit na akong humimlay sa aking libingan; at puno na ang mga laminang ito. At tinatapos ko ang aking pananalita.

Wherefore, they went up into the wilderness. And their leader being a strong and mighty man, and a stiffnecked man, wherefore he caused a contention among them; and they were all slain, save fifty, in the wilderness, and they returned again to the land of Zarahemla.

And it came to pass that they also took others to a considerable number, and took their journey again into the wilderness.

And I, Amaleki, had a brother, who also went with them; and I have not since known concerning them. And I am about to lie down in my grave; and these plates are full. And I make an end of my speaking.



## Ang mga Salita ni Mormon

- 1 At ngayon ako, si Mormon, na nahahanda nang ibigay ang talaang aking ginagawa sa mga kamay ng aking anak na lalaking si Moroni, masdan, aking nasaksihan ang halos buong pagkalipol ng aking mga tao, ang mga Nephita.
- 2 At maraming daang taon na ang nakalipas matapos ang pagparito ni Cristo nang ibigay ko ang mga talaang ito sa mga kamay ng aking anak; at inaakala kong masasaksihan niya ang ganap na pagkalipol ng aking mga tao. Subalit ipagkaloob nawa ng Diyos na makaligtas siya sa kanila, upang makasulat siya kahit paano ng hinggil sa kanila, at kahit paano hinggil kay Cristo, na baka sakali isang araw ay mapakinabangan nila.
- 3 At ngayon, mangungusap ako kahit paano hinggil sa yaong aking naisulat na; sapagkat matapos akong makagawa ng pinaikling ulat mula sa mga lamina ni Nephi, hanggang sa paghahari nitong si haring Benjamin, na nabanggit ni Amaleki, sinaliksik ko ang mga talaang ibinigay sa aking mga kamay, at natagpuan ko ang mga laminang ito, na naglalaman nitong maikling ulat ng mga propeta, mula kay Jacob hanggang sa paghahari nitong si haring Benjamin, at marami rin sa mga salita ni Nephi.
- 4 At ang mga bagay na nasa mga laminang ito ay nakasisiya sa akin, dahil sa mga propesiya tungkol sa pagparito ni Cristo; at nalalaman ng aking mga ama na marami sa mga ito ang natupad na; oo, at nalalaman ko rin na kasindami ng mga naipropesiya hinggil sa amin hanggang sa panahong ito ay natupad na, at kasindami sa mga mangyayari pa lamang sa panahong ito ay tiyak na mangyayari—
- 5 Dahil dito, pinili ko ang mga bagay na ito, upang tapusin ang aking talaan tungkol sa kanila, kung aling nalalabi sa aking mga talaan ay hahanguin ko mula sa mga lamina ni Nephi; at hindi ko kayang isulat ang ika-isandaang bahagi man lamang ng mga bagay ng aking mga tao.
- 6 Subalit masdan, kukunin ko ang mga laminang ito, na naglalaman ng mga pagpopropesiyang ito at mga paghahayag, at isasama ang mga ito sa mga labi ng aking talaan, sapagkat mahahalaga ang mga ito sa akin; at nalalaman kong magiging mahalaga ang mga ito sa aking mga kapatid.

## The Words of Mormon

And now I, Mormon, being about to deliver up the record which I have been making into the hands of my son Moroni, behold I have witnessed almost all the destruction of my people, the Nephites.

And it is many hundred years after the coming of Christ that I deliver these records into the hands of my son; and it supposeth me that he will witness the entire destruction of my people. But may God grant that he may survive them, that he may write somewhat concerning them, and somewhat concerning Christ, that perhaps some day it may profit them.

And now, I speak somewhat concerning that which I have written; for after I had made an abridgment from the plates of Nephi, down to the reign of this king Benjamin, of whom Amaleki spake, I searched among the records which had been delivered into my hands, and I found these plates, which contained this small account of the prophets, from Jacob down to the reign of this king Benjamin, and also many of the words of Nephi.

And the things which are upon these plates pleasing me, because of the prophecies of the coming of Christ; and my fathers knowing that many of them have been fulfilled; yea, and I also know that as many things as have been prophesied concerning us down to this day have been fulfilled, and as many as go beyond this day must surely come to pass—

Wherefore, I chose these things, to finish my record upon them, which remainder of my record I shall take from the plates of Nephi; and I cannot write the hundredth part of the things of my people.

But behold, I shall take these plates, which contain these prophesyings and revelations, and put them with the remainder of my record, for they are choice unto me; and I know they will be choice unto my brethren.

- 7 At gagawin ko ito para sa isang matalinong layunin; sapagkat ganito ang bulong sa akin, alinsunod sa mga pamamatnubay ng Espiritu ng Panginoon na nasa akin. At ngayon, hindi ko nalalaman ang lahat ng bagay; subalit nalalaman ng Panginoon ang lahat ng bagay na darating; anupa't pinapatnubayan niya ako na gumawa alinsunod sa kanyang kalooban.
- 8 At ang panalangin ko sa Diyos ay hinggil sa aking mga kapatid, na muli silang makarating sa kaalaman ng Diyos, oo, ang pagtubos ni Cristo; na muli silang maging mga kaaya-ayang tao.
- 9 At ngayon ako, si Mormon, ay magpapatuloy na tapusin ang aking talaan, na aking hahanguin mula sa mga lamina ni Nephi; at gagawin ko ito alinsunod sa kaalaman at pang-unawang ibinigay sa akin ng Diyos.
- 10 Samakatwid, ito ay nangyari na, na matapos ibigay ni Amaleki ang mga laminang ito sa mga kamay ni haring Benjamin, na kanyang kinuha ang mga ito at isinama sa iba pang mga lamina, na naglalaman ng mga talaang pinagpasa-pasahan ng mga hari, sa bawat sali't salinlahi hanggang sa panahon ni haring Benjamin.
- 11 At ipinasa-pasa ang mga ito mula kay haring Benjamin, sa bawat sali't salinlahi hanggang ang mga ito ay napasa aking mga kamay. At ako, si Mormon, ay nananalangin sa Diyos na mapangalagaan ang mga ito mula sa panahong ito. At nalalaman kong mapangalagaan ang mga ito; sapagkat may mga dakilang bagay na nasusulat sa mga ito, kung saan hahatulan ang aking mga tao at ang kanilang mga kapatid sa dakila at huling araw, alinsunod sa salita ng Diyos na nasusulat.
- 12 At ngayon, hinggil sa haring Benjamin na ito—nagkaroon siya ng mga bahagyang alitan sa sarili niyang mga tao.
- 13 At ito rin ay nangyari na, na sumalakay ang mga hukbo ng mga Lamanita sa lupain ng Nephi, upang makidigma sa kanyang mga tao. Subalit masdan, kinalap ni haring Benjamin ang kanyang mga hukbo, at nilabanan niya sila; at lumaban siya sa lakas ng kanyang sariling bisig, sa pamamagitan ng espada ni Laban.

And I do this for a wise purpose; for thus it whispereth me, according to the workings of the Spirit of the Lord which is in me. And now, I do not know all things; but the Lord knoweth all things which are to come; wherefore, he worketh in me to do according to his will.

And my prayer to God is concerning my brethren, that they may once again come to the knowledge of God, yea, the redemption of Christ; that they may once again be a delightsome people.

And now I, Mormon, proceed to finish out my record, which I take from the plates of Nephi; and I make it according to the knowledge and the understanding which God has given me.

Wherefore, it came to pass that after Amaleki had delivered up these plates into the hands of king Benjamin, he took them and put them with the other plates, which contained records which had been handed down by the kings, from generation to generation until the days of king Benjamin.

And they were handed down from king Benjamin, from generation to generation until they have fallen into my hands. And I, Mormon, pray to God that they may be preserved from this time henceforth. And I know that they will be preserved; for there are great things written upon them, out of which my people and their brethren shall be judged at the great and last day, according to the word of God which is written.

And now, concerning this king Benjamin—he had somewhat of contentions among his own people.

And it came to pass also that the armies of the Lamanites came down out of the land of Nephi, to battle against his people. But behold, king Benjamin gathered together his armies, and he did stand against them; and he did fight with the strength of his own arm, with the sword of Laban.

- 14 At sa lakas ng Panginoon ay nakipaglaban sila sa kanilang mga kaaway, hanggang sa nakapatay sila ng libu-libong mga Lamanita. At ito ay nangyari na, na nakipaglaban sila sa mga Lamanita hanggang sa kanilang maitaboy sila palabas sa lahat ng lupaing kanilang mana.
- 15 At ito ay nangyari na, na matapos magkaroon ng mga huwad na Cristo, at ang kanilang mga bibig ay itinikom, at sila ay pinarusahan alinsunod sa kanilang mabibigat na kasalanan;
- 16 At matapos magkaroon ng mga huwad na propeta, at huwad na mangangaral at guro sa mga tao, at lahat sila ay pinarusahan alinsunod sa kanilang mabibigat na kasalanan; at matapos magkaroon ng maraming alitan at maraming pagtalikod patungo sa mga Lamanita, masdan, ito ay nangyari na, na si haring Benjamin, sa tulong ng mga banal na propeta na nasa kanyang mga tao—
- 17 Sapagkat masdan, si haring Benjamin ay isang banal na tao, at namahala siya sa kanyang mga tao sa katwiran; at maraming banal na tao sa lupain, at nangusap sila ng salita ng Diyos nang may kapangyarihan at karapatan; at gumamit sila ng katalasan dahil sa katigasan ng leeg ng mga tao—
- 18 Dahil dito, sa tulong nila, si haring Benjamin, sa pamamagitan ng paggawa nang buong lakas ng kanyang katawan at ng pandama ng kanyang buong kaluluwa, at gayon din ang mga propeta, ay muling nakapagtatag ng kapayapaan sa lupain.

And in the strength of the Lord they did contend against their enemies, until they had slain many thousands of the Lamanites. And it came to pass that they did contend against the Lamanites until they had driven them out of all the lands of their inheritance.

And it came to pass that after there had been false Christs, and their mouths had been shut, and they punished according to their crimes;

And after there had been false prophets, and false preachers and teachers among the people, and all these having been punished according to their crimes; and after there having been much contention and many dissensions away unto the Lamanites, behold, it came to pass that king Benjamin, with the assistance of the holy prophets who were among his people—

For behold, king Benjamin was a holy man, and he did reign over his people in righteousness; and there were many holy men in the land, and they did speak the word of God with power and with authority; and they did use much sharpness because of the stiffneckedness of the people—

Wherefore, with the help of these, king Benjamin, by laboring with all the might of his body and the faculty of his whole soul, and also the prophets, did once more establish peace in the land.

# Ang Aklat ni Mosias

## Mosiah 1

- 1 At ngayon, wala nang alitan sa buong lupain ng Zarahemla, sa lahat ng taong nabibilang kay haring Benjamin, kung kaya't si haring Benjamin ay nagkaroon ng patuloy na kapayapaan sa lahat ng nalalabi niyang mga araw.
- 2 At ito ay nangyari na, na siya ay nagkaroon ng tatlong anak na lalaki; at tinawag niya ang kanilang mga pangalang Mosias, at Helorum, at Helaman. At kanyang pinaturuan sila ng lahat ng wika ng kanyang mga ama, nang sa gayon sila ay maging mga lalaking may pang-unawa; at upang kanilang malaman ang hinggil sa mga propesiyang sinabi ng mga bibig ng kanilang mga ama, na ibinigay sa kanila ng kamay ng Panginoon.
- 3 At kanya ring itinuro sa kanila ang hinggil sa mga talaang nauukit sa mga laminang tanso, sinasabing: Aking mga anak, nais kong inyong pakatandaan na kung hindi sa mga laminang ito, na naglalaman ng mga talaan at kautusang ito, nagdusa na marahil tayo sa kamangmangan, maging hanggang sa ngayon, hindi nalalaman ang mga hiwaga ng Diyos.
- 4 Sapagkat hindi maaari na ang ating ama, si Lehi, ay maalaala ang lahat ng bagay na ito, upang maituro ang mga yaon sa kanyang mga anak, kung hindi dahil sa tulong ng mga laminang ito; sapagkat siya na naturuan sa wika ng mga taga-Egipto kaya nga magagawa niyang basahin ang mga nakaukit na ito, at ituro ang mga yaon sa kanyang mga anak, nang sa gayon ay maituro nila ang mga yaon sa kanilang mga anak, at sa gayon naisasakatuparan ang mga kautusan ng Diyos, maging hanggang sa ngayon.

# The Book of Mosiah

## Mosiah 1

And now there was no more contention in all the land of Zarahemla, among all the people who belonged to king Benjamin, so that king Benjamin had continual peace all the remainder of his days.

And it came to pass that he had three sons; and he called their names Mosiah, and Helorum, and Helaman. And he caused that they should be taught in all the language of his fathers, that thereby they might become men of understanding; and that they might know concerning the prophecies which had been spoken by the mouths of their fathers, which were delivered them by the hand of the Lord.

And he also taught them concerning the records which were engraven on the plates of brass, saying: My sons, I would that ye should remember that were it not for these plates, which contain these records and these commandments, we must have suffered in ignorance, even at this present time, not knowing the mysteries of God.

For it were not possible that our father, Lehi, could have remembered all these things, to have taught them to his children, except it were for the help of these plates; for he having been taught in the language of the Egyptians therefore he could read these engravings, and teach them to his children, that thereby they could teach them to their children, and so fulfilling the commandments of God, even down to this present time.

- 5 Sinasabi ko sa inyo, aking mga anak, kung hindi dahil sa mga bagay na ito, na naingatan at napangalagaan ng kamay ng Diyos, upang ating mabasa at maunawaan ang kanyang mga hiwaga, at panatilihin tuwina ang kanyang mga kautusan sa harapan ng ating mga mata, na maging ang ating mga ama ay nanghina marahil sa kawalang-paniniwala, at marahil tayo ay natulad na rin sa ating mga kapatid, ang mga Lamanita, na walang nalalaman hinggil sa mga bagay na ito, o maging sa hindi maniniwala sa mga yaon kapag itinuro ang mga yaon sa kanila, dahil sa mga kaugalian ng kanilang mga ama, na hindi tama.
- 6 O aking mga anak, nais kong inyong pakatandaan na ang mga salitang ito ay totoo, at na ang mga talaang ito ay totoo rin. At masdan, maging ang mga lamina ni Nephi, na naglalaman ng mga talaan at ng mga salita ng ating mga ama mula sa panahong nilisan nila ang Jerusalem hanggang sa ngayon, at ang mga ito ay totoo; at nalalaman natin ang kanilang katiyakan sapagkat namamalas ang mga ito ng ating mga mata.
- 7 At ngayon, aking mga anak, nais kong inyong pakatandaan na masigasig na saliksikin ang mga yaon, nang sa gayon kayo ay makinabang; at nais kong inyong sundin ang mga kautusan ng Diyos, upang umunlad kayo sa lupain alinsunod sa mga ginawang pangako ng Panginoon sa inyong mga ama.
- 8 At marami pang bagay ang itinuro ni haring Benjamin sa kanyang mga anak, na hindi nasusulat sa aklat na ito.
- 9 At ito ay nangyari na, nang matapos si haring Benjamin ng pagtuturo sa kanyang mga anak, na tumanda na siya, at kanyang nadama na siya ay nalalapit nang yumaon ng lakad ng buong lupa; samakatwid, inakala niyang kinakailangan na niyang igawad ang kaharian sa isa sa kanyang mga anak.

I say unto you, my sons, were it not for these things, which have been kept and preserved by the hand of God, that we might read and understand of his mysteries, and have his commandments always before our eyes, that even our fathers would have dwindled in unbelief, and we should have been like unto our brethren, the Lamanites, who know nothing concerning these things, or even do not believe them when they are taught them, because of the traditions of their fathers, which are not correct.

O my sons, I would that ye should remember that these sayings are true, and also that these records are true. And behold, also the plates of Nephi, which contain the records and the sayings of our fathers from the time they left Jerusalem until now, and they are true; and we can know of their surety because we have them before our eyes.

And now, my sons, I would that ye should remember to search them diligently, that ye may profit thereby; and I would that ye should keep the commandments of God, that ye may prosper in the land according to the promises which the Lord made unto our fathers.

And many more things did king Benjamin teach his sons, which are not written in this book.

And it came to pass that after king Benjamin had made an end of teaching his sons, that he waxed old, and he saw that he must very soon go the way of all the earth; therefore, he thought it expedient that he should confer the kingdom upon one of his sons.

- 10 Kaya nga, ipinatawag niya sa kanyang harapan si Mosias; at ito ang mga salitang sinabi niya sa kanya, sinasabing: Anak ko, nais kong gumawa ka ng pagpapahayag sa lahat ng dako ng lupaing ito sa lahat ng taong ito, o ang mga tao ni Zarahemla, at ang mga tao ni Mosias na naninirahan sa lupain, nang sa gayon ay sama-samang magtipon sila; sapagkat kinabukasan ay ihahayag ko sa kanila na aking mga tao mula sa sarili kong bibig na ikaw ang hari at tagapamahala ng mga taong ito, na ipinagkatiwala ng Panginoong Diyos sa atin.
- 11 At bukod doon, bibigyan ko ng pangalan ang mga taong ito, nang sa gayon sila ay makilala nang higit sa lahat ng tao na inilabas ng Panginoong Diyos sa lupain ng Jerusalem; at gagawin ko ito sapagkat sila ay naging masisigasig na tao sa pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon.
- 12 At aking ibibigay sa kanila ang isang pangalan na kailanman ay hindi mabubura, maliban na lamang kung dahil sa kasalanan.
- 13 Oo, at bukod doon ay sinasabi ko sa iyo, na kung ang mga taong ito na labis na pinagpala ng Panginoon ay mahuhulog sa paglabag, at maging masasama at mga taong mapang-apid, na hahayaan sila ng Panginoon, nang sa gayon sila ay manghina tulad ng kanilang mga kapatid; at hindi na sila pangangalagaan pa ng kanyang walang kapantay at kagila-gilalas na kapangyarihan, tulad ng pangangalaga niya sa ating mga ama hanggang sa ngayon.
- 14 Sapagkat sinasabi ko sa iyo, na kung hindi niya iniunat ang kanyang bisig sa pangangalaga sa ating mga ama, sila ay tiyak na nahulog sa mga kamay ng mga Lamanita, at naging mga biktima ng kanilang pagkapoot.
- 15 At ito ay nangyari na, nang matapos si haring Benjamin sa pagsasalitang ito sa kanyang anak, na kanyang binigyan siya ng tagubilin hinggil sa lahat ng gawain sa kaharian.

Therefore, he had Mosiah brought before him; and these are the words which he spake unto him, saying: My son, I would that ye should make a proclamation throughout all this land among all this people, or the people of Zarahemla, and the people of Mosiah who dwell in the land, that thereby they may be gathered together; for on the morrow I shall proclaim unto this my people out of mine own mouth that thou art a king and a ruler over this people, whom the Lord our God hath given us.

And moreover, I shall give this people a name, that thereby they may be distinguished above all the people which the Lord God hath brought out of the land of Jerusalem; and this I do because they have been a diligent people in keeping the commandments of the Lord.

And I give unto them a name that never shall be blotted out, except it be through transgression.

Yea, and moreover I say unto you, that if this highly favored people of the Lord should fall into transgression, and become a wicked and an adulterous people, that the Lord will deliver them up, that thereby they become weak like unto their brethren; and he will no more preserve them by his matchless and marvelous power, as he has hitherto preserved our fathers.

For I say unto you, that if he had not extended his arm in the preservation of our fathers they must have fallen into the hands of the Lamanites, and become victims to their hatred.

And it came to pass that after king Benjamin had made an end of these sayings to his son, that he gave him charge concerning all the affairs of the kingdom.

- 16 At bukod doon, kanyang binigyan din siya ng tagubilin hinggil sa mga talaang nauukit sa mga laminang tanso; at sa mga lamina rin ni Nephi; at gayon din, sa espada ni Laban, at sa bola o aguhon, na pumatnubay sa ating mga ama sa ilang, na inihanda ng kamay ng Panginoon nang sa gayon sila ay mapatnubayan, bawat isa alinsunod sa pakikinig at pagsusumigasig na kanilang ibinibigay sa kanya.
- 17 Anupa't dahil sa hindi sila naging matapat, hindi sila umunlad ni sumulong sa kanilang paglalakbay, kundi itinaboy pabalik, at sumapit ang galit ng Diyos sa kanila; at kaya nga, binagabag sila sa pamamagitan ng taggutom at masidhing paghihirap, upang pukawin sila sa pag-alaala ng kanilang tungkulin.
- 18 At ngayon, ito ay nangyari na, na humayo at ginawa ni Mosias ang ipinag-utos sa kanya ng kanyang ama, at nagpahayag sa lahat ng tao na nasa lupain ng Zarahemla nang sa gayon ay sama-samang matipon nila ang kanilang sarili, upang umahon sa templo nang mapakinggan ang mga salitang sasabihin ng kanyang ama sa kanila.

And moreover, he also gave him charge concerning the records which were engraven on the plates of brass; and also the plates of Nephi; and also, the sword of Laban, and the ball or director, which led our fathers through the wilderness, which was prepared by the hand of the Lord that thereby they might be led, every one according to the heed and diligence which they gave unto him.

Therefore, as they were unfaithful they did not prosper nor progress in their journey, but were driven back, and incurred the displeasure of God upon them; and therefore they were smitten with famine and sore afflictions, to stir them up in remembrance of their duty.

And now, it came to pass that Mosiah went and did as his father had commanded him, and proclaimed unto all the people who were in the land of Zarahemla that thereby they might gather themselves together, to go up to the temple to hear the words which his father should speak unto them.

## Mosiah 2

- 1 At ito ay nangyari na, na matapos na maisagawa ni Mosias ang ipinag-utos ng kanyang ama sa kanya, at makagawa ng pagpapahayag sa lahat ng dako ng buong lupain, na magkakasamang tinipon ng mga tao ang kanilang sarili sa lahat ng dako ng buong lupain, nang sila ay makaahon sa templo upang marinig ang mga salitang sasabihin ni haring Benjamin sa kanila.
- 2 At malaki ang bilang nila, maging sa napakarami kung kaya't hindi sila mabilang, sapagkat sila ay parami nang parami at lubhang dumami sa lupain.
- 3 At kanila ring dinala ang mga unang anak ng kanilang mga kawan, upang sila ay makapag-alay ng hain at mga handog na susunugin alinsunod sa mga batas ni Moises.
- 4 At gayundin upang sila ay makapagbigay-pasalamat sa Panginoon nilang Diyos na nagdala sa kanila palabas ng lupain ng Jerusalem, at nagligtas sa kanila mula sa kamay ng kanilang mga kaaway, at humirang ng mga makatarungang tao na kanilang maging mga guro, at gayundin ng isang makatarungang tao na kanilang maging hari, na siyang nagtatag ng kapayapaan sa lupain ng Zarahemla, at nagturo sa kanilang sundin ang mga kautusan ng Diyos, upang sila ay magsaya at mapuspos ng pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao.
- 5 At ito ay nangyari na, nang sila ay dumating sa templo, itinayo nila ang kanilang mga tolda sa palibot, bawat lalaki alinsunod sa kanyang mag-anak, na binubuo ng kanyang asawa, at kanyang mga anak na lalaki, at kanyang mga anak na babae, at kanilang mga anak na lalaki at kanilang mga anak na babae, mula sa pinakamatanda hanggang sa pinakabata, bawat mag-anak ay nakabukod mula sa isa't isa.
- 6 At itinayo nila ang kanilang mga tolda sa palibot ng templo, bawat tao ay iniharap sa templo ang pintuan ng kanilang tolda, nang sa gayon sila ay makapanatili sa kanilang mga tolda at marinig ang mga salitang sasabihin ni haring Benjamin sa kanila;

## Mosiah 2

And it came to pass that after Mosiah had done as his father had commanded him, and had made a proclamation throughout all the land, that the people gathered themselves together throughout all the land, that they might go up to the temple to hear the words which king Benjamin should speak unto them.

And there were a great number, even so many that they did not number them; for they had multiplied exceedingly and waxed great in the land.

And they also took of the firstlings of their flocks, that they might offer sacrifice and burnt offerings according to the law of Moses;

And also that they might give thanks to the Lord their God, who had brought them out of the land of Jerusalem, and who had delivered them out of the hands of their enemies, and had appointed just men to be their teachers, and also a just man to be their king, who had established peace in the land of Zarahemla, and who had taught them to keep the commandments of God, that they might rejoice and be filled with love towards God and all men.

And it came to pass that when they came up to the temple, they pitched their tents round about, every man according to his family, consisting of his wife, and his sons, and his daughters, and their sons, and their daughters, from the eldest down to the youngest, every family being separate one from another.

And they pitched their tents round about the temple, every man having his tent with the door thereof towards the temple, that thereby they might remain in their tents and hear the words which king Benjamin should speak unto them;



- 7 Sapagkat lubhang napakaraming tao kung kaya't hindi sila kayang maturuang lahat ni haring Benjamin sa loob ng mga pader ng templo, kaya nga pinapangyari niyang magtayo ng isang tore, nang sa gayon ay marinig ng kanyang mga tao ang mga salitang kanyang sasabihin sa kanila.
- 8 At ito ay nangyari na, na siya ay nagsimulang magsalita sa kanyang mga tao mula sa tore; at hindi nila marinig na lahat ang kanyang mga salita dahil sa dami ng mga tao; kaya nga pinapangyari niya na ang mga salitang kanyang sinabi ay isulat at ipadala sa mga yaong di naabot ng kanyang tinig, upang sila rin ay makatanggap ng kanyang mga salita.
- 9 At ito ang mga salitang kanyang sinabi, at pinapangyaring isulat, sinasabing: Aking mga kapatid, kayong lahat na sama-samang nagtipon ng inyong sarili, kayong nakaririnig ng aking mga salita na sasabihin ko sa inyo sa araw na ito; sapagkat hindi ko kayo inutusang magtungo rito upang paglaruan ang mga salitang aking sasabihin, kundi upang kayo ay makinig sa akin, at buksan ang inyong mga tainga upang kayo'y makarinig, at ang inyong mga puso upang kayo ay makaunawa, at ang inyong mga isipan upang ang mga hiwaga ng Diyos ay mabuksan sa inyong mga pananaw.
- 10 Hindi ko kayo inutusang magtungo rito upang kayo ay matakot sa akin, o upang inyong isipin na ako sa aking sarili ay higit sa isang mortal na tao.
- 11 Kundi ako ay katulad din ng inyong sarili, saklaw ng lahat ng uri ng mga sakit sa katawan at isipan; gayunman ako ay pinili ng mga taong ito, at itinalaga ng aking ama, at pinahintulutan ng kamay ng Panginoon na ako ay maging isang pinuno at isang hari sa mga taong ito; at inaruga at pinangalagaan ng kanyang walang kapantay na kapangyarihan upang paglingkuran kayo nang buo kong kapangyarihan, isipan at lakas na ipinagkaloob sa akin ng Panginoon.
- 12 Sinasabi ko sa inyo na sapagkat ako ay pinahintulutang gugulin ang aking panahon sa paglilingkod sa inyo, maging hanggang sa ngayon, at hindi ako naghangad ng ginto o pilak o anumang uri ng inyong kayamanan;

For the multitude being so great that king Benjamin could not teach them all within the walls of the temple, therefore he caused a tower to be erected, that thereby his people might hear the words which he should speak unto them.

And it came to pass that he began to speak to his people from the tower; and they could not all hear his words because of the greatness of the multitude; therefore he caused that the words which he spake should be written and sent forth among those that were not under the sound of his voice, that they might also receive his words.

And these are the words which he spake and caused to be written, saying: My brethren, all ye that have assembled yourselves together, you that can hear my words which I shall speak unto you this day; for I have not commanded you to come up hither to trifle with the words which I shall speak, but that you should hearken unto me, and open your ears that ye may hear, and your hearts that ye may understand, and your minds that the mysteries of God may be unfolded to your view.

I have not commanded you to come up hither that ye should fear me, or that ye should think that I of myself am more than a mortal man.

But I am like as yourselves, subject to all manner of infirmities in body and mind; yet I have been chosen by this people, and consecrated by my father, and was suffered by the hand of the Lord that I should be a ruler and a king over this people; and have been kept and preserved by his matchless power, to serve you with all the might, mind and strength which the Lord hath granted unto me.

I say unto you that as I have been suffered to spend my days in your service, even up to this time, and have not sought gold nor silver nor any manner of riches of you;

- 13 Ni hindi ko pinahintulutan na kayo ay makulong sa mga bartolina, ni alipinin ninyo ang isa't isa, ni ang kayo ay pumaslang, o mandambong, o magnakaw, o makiapid; ni hindi ko pinahintulutan na kayo'y gumawa ng anumang uri ng kasamaan at tinuruan ko kayo na nararapat ninyong sundin ang mga kautusan ng Panginoon sa lahat ng bagay na kanyang iniutos sa inyo—
- 14 At maging ako, sa aking sarili, ay gumawa sa pamamagitan ng sarili kong mga kamay upang kayo ay aking mapaglingkuran, at upang kayo ay hindi mabigatan sa mga buwis, at upang walang anumang bagay na ipataw sa inyo na mabigat dalhin—at sa lahat ng bagay na ito na aking sinabi, kayo na rin sa inyong sarili ang mga saksi sa araw na ito.
- 15 Gayunman, mga kapatid ko, hindi ko ginawa ang mga bagay na ito upang ako ay makapagmalaki, ni hindi ko sinasabi ang mga bagay na ito upang ako ay magparatang sa inyo; kundi sinasabi ko sa inyo ang mga bagay na ito upang inyong malaman na ako ay makasasagot nang may malinis na budhi sa harapan ng Diyos sa araw na ito.
- 16 Masdan, sinasabi ko sa inyo na dahil sa sinabi ko sa inyo na ginugol ko ang aking panahon sa paglilingkod sa inyo, hindi ko ninanais na magmalaki, sapagkat ako ay nasa paglilingkod lamang ng Diyos.
- 17 At masdan, sinasabi ko sa inyo ang mga bagay na ito upang inyong matamo ang karunungan; upang inyong malaman na kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos.
- 18 Masdan, tinawag ninyo akong inyong hari; at kung ako na tinatawag ninyong hari ay nagpapagal upang paglingkuran kayo, hindi ba't nararapat na kayo ay magpagal upang paglingkuran ang isa't isa?
- 19 At masdan din, kung ako, na tinatawag ninyong inyong hari, na ginugol ang kanyang panahon sa paglilingkod sa inyo, at nasa paglilingkod din naman ng Diyos, ay karapat-dapat sa anumang pasasalamat mula sa inyo, o hindi ba't nararapat na pasalamatan ninyo ang inyong makalangit na Hari!

Neither have I suffered that ye should be confined in dungeons, nor that ye should make slaves one of another, nor that ye should murder, or plunder, or steal, or commit adultery; nor even have I suffered that ye should commit any manner of wickedness, and have taught you that ye should keep the commandments of the Lord, in all things which he hath commanded you—

And even I, myself, have labored with mine own hands that I might serve you, and that ye should not be laden with taxes, and that there should nothing come upon you which was grievous to be borne—and of all these things which I have spoken, ye yourselves are witnesses this day.

Yet, my brethren, I have not done these things that I might boast, neither do I tell these things that thereby I might accuse you; but I tell you these things that ye may know that I can answer a clear conscience before God this day.

Behold, I say unto you that because I said unto you that I had spent my days in your service, I do not desire to boast, for I have only been in the service of God.

And behold, I tell you these things that ye may learn wisdom; that ye may learn that when ye are in the service of your fellow beings ye are only in the service of your God.

Behold, ye have called me your king; and if I, whom ye call your king, do labor to serve you, then ought not ye to labor to serve one another?

And behold also, if I, whom ye call your king, who has spent his days in your service, and yet has been in the service of God, do merit any thanks from you, O how you ought to thank your heavenly King!

- 20 Sinasabi ko sa inyo, mga kapatid ko, na kung inyong ibibigay ang lahat ng pasasalamat at papuri na makakayang taglayin ng inyong buong kaluluwa, sa Diyos na siyang lumikha sa inyo, at nag-aaruga at nangangalaga sa inyo, at pinapangyari na kayo ay magsaya, at nagkaloob na kayo ay mabuhay sa kapayapaan sa isa't isa—
- 21 Sinasabi ko sa inyo na kung paglilingkuran ninyo siya na lumikha sa inyo mula sa simula, at nangangalaga sa inyo sa araw-araw, sa pamamagitan ng pagpapahiram sa inyo ng hininga, upang kayo ay mabuhay at makakilos at makagawa alinsunod sa inyong sariling kagustuhan, at maging sa pagtataguyod sa inyo sa bawat sandali—sinasabi ko, kung siya ay paglilingkuran ninyo ng inyong buong kaluluwa, gayunman, kayo ay magiging hindi kapaki-pakinabang na mga tagapaglingkod.
- 22 At masdan, ang hinihingi lamang niya sa inyo ay sundin ang kanyang mga kautusan, at pinangakuan niya kayo na kung inyong susundin ang kanyang mga kautusan, kayo ay uunlad sa lupain; at kailanman siya ay hindi nag-iiba mula roon sa kung alin ay kanyang sinabi; samakatwid, kung inyong susundin ang kanyang mga kautusan, kayo ay kanyang pagpapalain at pauunlarin.
- 23 At ngayon, sa unang dako, kayo ay kanyang nilikha, at ipinagkaloob sa inyo ang inyong mga buhay, kaya't kayo ay may pagkakautang sa kanya.
- 24 At ikalawa, hinihingi niya na inyong gawin ang kanyang ipinag-uutos sa inyo; sapagkat kung ito ay gagawin ninyo, kayo ay kaagad niyang pagpapalain; at samakatwid, kayo ay kanya nang nabayaran. At kayo ay may pagkakautang pa rin sa kanya, at mayroon, at magkakagayon magpakailanman at walang katapusan; kaya nga, ano ang inyong maipagmamalaki?
- 25 At ngayon itinatanong ko, kayo ba ay may masasabing anuman sa inyong sarili? Sinasagot ko kayo, Wala. Hindi ninyo masasabi na kayo ay nakahihigit sa alabok ng lupa; gayunman kayo ay nilikha mula sa alabok ng lupa; ngunit masdan, ito ay pag-aari niya na lumikha sa inyo.

I say unto you, my brethren, that if you should render all the thanks and praise which your whole soul has power to possess, to that God who has created you, and has kept and preserved you, and has caused that ye should rejoice, and has granted that ye should live in peace one with another—

I say unto you that if ye should serve him who has created you from the beginning, and is preserving you from day to day, by lending you breath, that ye may live and move and do according to your own will, and even supporting you from one moment to another—I say, if ye should serve him with all your whole souls yet ye would be unprofitable servants.

And behold, all that he requires of you is to keep his commandments; and he has promised you that if ye would keep his commandments ye should prosper in the land; and he never doth vary from that which he hath said; therefore, if ye do keep his commandments he doth bless you and prosper you.

And now, in the first place, he hath created you, and granted unto you your lives, for which ye are indebted unto him.

And secondly, he doth require that ye should do as he hath commanded you; for which if ye do, he doth immediately bless you; and therefore he hath paid you. And ye are still indebted unto him, and are, and will be, forever and ever; therefore, of what have ye to boast?

And now I ask, can ye say aught of yourselves? I answer you, Nay. Ye cannot say that ye are even as much as the dust of the earth; yet ye were created of the dust of the earth; but behold, it belongeth to him who created you.

26 At ako, maging ako, na tinatawag ninyong hari, ay hindi nakahihigit kaysa sa inyong sarili; sapagkat ako rin ay mula sa alabok. At inyong namamasdan na ako ay matanda na, at malapit nang isuko ang may kamatayang katawang ito sa kanyang inang lupa.

27 Samakatwid, kagaya ng sinabi ko sa inyo na ako ay naglingkod sa inyo, lumalakad nang may malinis na budhi sa harapan ng Diyos, gayunman ako, sa panahong ito ay pinapangyaring sama-samang tipunin ninyo ang inyong sarili, upang ako ay matagpuang walang sala, at nang ang inyong dugo ay hindi bumatik sa akin, kapag ako ay tatayo upang hatulan ng Diyos sa mga bagay na kanyang iniutos sa akin hinggil sa inyo.

28 Sinasabi ko sa inyo na pinapangyari ko na kayo ay sama-samang magtipon ng inyong sarili upang maalis ko sa aking mga kasuotan ang inyong dugo, sa panahong ito na ako ay malapit nang bumaba sa aking libingan, upang ako ay bumaba nang mapayapa, at ang aking walang kamatayang espiritu ay makasama sa mga koro sa kaitaasan sa pag-awit ng mga papuri sa isang makatarungang Diyos.

29 At bukod dito, sinasabi ko sa inyo na pinapangyari ko na kayo ay sama-samang magtipon ng inyong sarili, upang aking maipahayag sa inyo na hindi na ako ang inyong magiging guro, o inyong hari;

30 Sapagkat maging sa oras na ito, ang aking buong katawan ay nanginginig nang labis habang nagtatangkang magsalita sa inyo; subalit ang Panginoong Diyos ang nagtataguyod sa akin, at pinahintulutan niya akong makapagsalita sa inyo, at inutusan akong ipahayag sa inyo sa araw na ito, na ang aking anak na si Mosias ay isang hari at isang tagapamahala ninyo.

31 At ngayon, mga kapatid ko, nais kong gawin ninyo ang gaya ng ginawa na ninyo. Gaya ng inyong pagsunod sa mga kautusan ko, at gayundin sa mga kautusan ng aking ama, at umunlad, at naiadya mula sa pagkahulog sa mga kamay ng inyong mga kaaway, gayundin kung inyong susundin ang mga kautusan ng aking anak, o ang mga kautusan ng Diyos na ibibigay sa inyo sa pamamagitan niya, kayo ay uunlad sa lupain, at ang inyong mga kaaway ay hindi magkakaroon ng kapangyarihan sa inyo.

And I, even I, whom ye call your king, am no better than ye yourselves are; for I am also of the dust. And ye behold that I am old, and am about to yield up this mortal frame to its mother earth.

Therefore, as I said unto you that I had served you, walking with a clear conscience before God, even so I at this time have caused that ye should assemble yourselves together, that I might be found blameless, and that your blood should not come upon me, when I shall stand to be judged of God of the things whereof he hath commanded me concerning you.

I say unto you that I have caused that ye should assemble yourselves together that I might rid my garments of your blood, at this period of time when I am about to go down to my grave, that I might go down in peace, and my immortal spirit may join the choirs above in singing the praises of a just God.

And moreover, I say unto you that I have caused that ye should assemble yourselves together, that I might declare unto you that I can no longer be your teacher, nor your king;

For even at this time, my whole frame doth tremble exceedingly while attempting to speak unto you; but the Lord God doth support me, and hath suffered me that I should speak unto you, and hath commanded me that I should declare unto you this day, that my son Mosiah is a king and a ruler over you.

And now, my brethren, I would that ye should do as ye have hitherto done. As ye have kept my commandments, and also the commandments of my father, and have prospered, and have been kept from falling into the hands of your enemies, even so if ye shall keep the commandments of my son, or the commandments of God which shall be delivered unto you by him, ye shall prosper in the land, and your enemies shall have no power over you.

32 Ngunit, o aking mga tao, mag-ingat kayo, na baka magkaroon ng mga pagtatalo sa inyo, at inyong piliing sundin ang masamang espiritu, na siyang sinabi ng aking amang si Mosias.

33 Sapagkat masdan, may isang kapighatiang igagawad sa kanya na pumiling sumunod sa espiritung yaon; sapagkat kung pinili niyang sumunod sa kanya, at mananatili at mamamatay sa kanyang mga kasalanan, siya rin ay umiinom ng kapahamakan sa kanyang sariling kaluluwa; sapagkat siya ay tatanggap bilang kanyang kabayaran ng isang walang hanggang kaparusahan, sapagkat lumabag sa batas ng Diyos, na salungat sa kanyang sariling kaalaman.

34 Sinasabi ko sa inyo na walang sinuman sa inyo, maliban sa inyong maliliit na anak ang hindi pa naturuan hinggil sa mga bagay na ito, subalit sa inyong nakaaalam, nalalaman ninyo na kayo ay may walang hanggang pagkakautang sa inyong Ama sa Langit, upang ibigay sa kanya ang lahat ng nasa inyo at ang inyong sarili; at naturuan din hinggil sa mga talaang naglalaman ng mga propesiyang winika ng mga banal na propeta, magbuhat pa sa panahong ang ating amang si Lehi ay lumisan sa Jerusalem;

35 At gayundin, ang lahat ng sinabi ng ating mga ama hanggang sa ngayon. At masdan, gayundin, sinabi nila ang mga iniutos sa kanila ng Panginoon; samakatwid, ang mga yaon ay makatarungan at totoo.

36 At ngayon, sinasabi ko sa inyo, mga kapatid ko, na matapos na inyong malaman at maturuan ng lahat ng bagay na ito, kung kayo ay lalabag at sasalungat doon sa mga sinabi na, ay inilalayo ninyo ang sarili sa Espiritu ng Panginoon, upang yaon ay mawalan ng puwang sa inyo na kayo ay patnubayan sa mga landas ng karunungan nang kayo ay pagpalain, paunlarin, at pangalagaan—

37 Sinasabi ko sa inyo, na ang taong gumagawa nito, siya rin ay hayagang naghihimagsik laban sa Diyos; anupa't kanyang piniling sundin ang masamang espiritu, at naging isang kaaway ng lahat ng kabutihan; kaya nga, ang Panginoon ay walang puwang sa kanya, sapagkat siya ay hindi nananahan sa mga hindi banal na templo.

But, O my people, beware lest there shall arise contentions among you, and ye list to obey the evil spirit, which was spoken of by my father Mosiah.

For behold, there is a wo pronounced upon him who listeth to obey that spirit; for if he listeth to obey him, and remaineth and dieth in his sins, the same drinketh damnation to his own soul; for he receiveth for his wages an everlasting punishment, having transgressed the law of God contrary to his own knowledge.

I say unto you, that there are not any among you, except it be your little children that have not been taught concerning these things, but what knoweth that ye are eternally indebted to your heavenly Father, to render to him all that you have and are; and also have been taught concerning the records which contain the prophecies which have been spoken by the holy prophets, even down to the time our father, Lehi, left Jerusalem;

And also, all that has been spoken by our fathers until now. And behold, also, they spake that which was commanded them of the Lord; therefore, they are just and true.

And now, I say unto you, my brethren, that after ye have known and have been taught all these things, if ye should transgress and go contrary to that which has been spoken, that ye do withdraw yourselves from the Spirit of the Lord, that it may have no place in you to guide you in wisdom's paths that ye may be blessed, prospered, and preserved—

I say unto you, that the man that doeth this, the same cometh out in open rebellion against God; therefore he listeth to obey the evil spirit, and becometh an enemy to all righteousness; therefore, the Lord has no place in him, for he dwelleth not in unholy temples.

- 38 Samakatwid kung ang taong yaon ay hindi magsisisi, at mananatili at mamamatay na isang kaaway ng Diyos, ang hinihingi ng banal na katarungan ang gigising sa kanyang walang kamatayang kaluluwa sa isang buhay na damdamin ng kanyang sariling kasalanan, na siyang magiging dahilan upang siya ay manliit sa harapan ng Panginoon, at pupuno sa kanyang dibdib ng kasalanan, at kirot, at pagdurusa na katulad ng isang di maapulng apoy, na ang ningas ay pumapailanglang magpakailanman at walang katapusan.
- 39 At ngayon sinasabi ko sa inyo, na ang awa ay hindi makaangkin sa taong yaon; kaya nga, ang kanyang pangwakas na kahatulan ay magtiis ng isang walang katapusang pagdurusa.
- 40 O, lahat kayong matatandang lalaki, at gayundin kayong mga kabataang lalaki, at kayong maliliit na bata na nakauunawa ng aking mga salita, sapagkat maliwanag akong nangusap sa inyo upang kayo'y makaunawa, ako ay dumadalangin na kayo ay magising sa isang pag-alaala sa kakila-kilabot na kalagayan ng mga yaong nangahulog sa paglabag.
- 41 At bukod dito, ninanais kong inyong isaalang-alang ang pinagpala at maligayang kalagayan ng mga yaong sumusunod sa mga kautusan ng Diyos. Sapagkat masdan, sila ay pinagpala sa lahat ng bagay, kapwa temporal at espirituwal; at kung sila ay mananatiling matapat hanggang wakas, sila ay tatanggapin sa langit upang doon sila ay manahanang kasama ng Diyos sa kalagayan ng walang katapusang kaligayahan. O tandaan, tandaan na ang mga bagay na ito ay totoo; sapagkat ang Panginoong Diyos ang siyang nagsabi ng mga ito.

Therefore if that man repenteth not, and remaineth and dieth an enemy to God, the demands of divine justice do awaken his immortal soul to a lively sense of his own guilt, which doth cause him to shrink from the presence of the Lord, and doth fill his breast with guilt, and pain, and anguish, which is like an unquenchable fire, whose flame ascendeth up forever and ever.

And now I say unto you, that mercy hath no claim on that man; therefore his final doom is to endure a never-ending torment.

O, all ye old men, and also ye young men, and you little children who can understand my words, for I have spoken plainly unto you that ye might understand, I pray that ye should awake to a remembrance of the awful situation of those that have fallen into transgression.

And moreover, I would desire that ye should consider on the blessed and happy state of those that keep the commandments of God. For behold, they are blessed in all things, both temporal and spiritual; and if they hold out faithful to the end they are received into heaven, that thereby they may dwell with God in a state of never-ending happiness. O remember, remember that these things are true; for the Lord God hath spoken it.

## Mosiah 3

- 1 At muli mga kapatid ko, nais kong tawagin ang inyong pansin, sapagkat ako ay mayroon pang mga sasabihin sa inyo; sapagkat masdan, ako ay may mga bagay na sasabihin sa inyo hinggil sa yaong darating.
- 2 At ang mga bagay na sasabihin ko sa inyo ay ipinaalam sa akin ng isang anghel mula sa Diyos. At sinabi niya sa akin: Gising; at ako ay gumising, at masdan, siya ay nakatayo sa harapan ko.
- 3 At sinabi niya sa akin: Gumising, at pakinggan ang mga salitang aking sasabihin sa iyo; sapagkat masdan, ako ay naparito upang ipahayag sa iyo ang masayang balita ng dakilang kagalakan.
- 4 Sapagkat dininig ng Panginoon ang iyong mga panalangin, at hinatulan ang iyong kabutihan, at isinugo ako upang magpahayag sa iyo nang ikaw ay magsaya; at nang ikaw ay makapagpahayag sa iyong mga tao, upang sila rin ay mapuspos ng kagalakan.
- 5 Sapagkat masdan, ang panahon ay darating, at hindi na nalalayo, na taglay ang kapangyarihan, ang Panginoong Makapangyarihan na naghahari, kung sino noon, at ngayon, mula sa lahat ng kawalang-hanggan, hanggang sa kawalang-hanggan, ay bababa mula sa langit sa mga anak ng tao, at mananahan sa isang katawang-lupa, at hahayo sa mga tao, gagawa ng mga makapangyarihang himala, tulad ng pagpapagaling ng may karamdaman, pagbuhay ng patay, pagpapalakad ng pilay, ang bulag nang makatanggap ng kanilang paningin, at ang bingi upang makarinig, at pagpapagaling ng lahat ng uri ng sakit.
- 6 At siya ay magpapalayas ng mga diyablo, o ng masasamang espiritu na nananahan sa mga puso ng mga anak ng tao.
- 7 At masdan, siya ay magdaranas ng mga tukso, at sakit ng katawan, gutom, uhaw, at pagod, nang higit sa matitiis ng tao, maliban na yaon ay sa kamatayan; sapagkat masdan, ang dugo ay lumalabas sa bawat butas ng kanyang balat, napakasidhi ng kanyang magiging pagdurusa dahil sa kasamaan at mga karumal-dumal na gawain ng kanyang mga tao.
- 8 At siya ay tatawaging Jesucristo, ang Anak ng Diyos, ang Ama ng langit at lupa, ang Lumikha ng lahat ng bagay mula sa simula; at ang kanyang ina ay tatawaging Maria.

## Mosiah 3

And again my brethren, I would call your attention, for I have somewhat more to speak unto you; for behold, I have things to tell you concerning that which is to come.

And the things which I shall tell you are made known unto me by an angel from God. And he said unto me: Awake; and I awoke, and behold he stood before me.

And he said unto me: Awake, and hear the words which I shall tell thee; for behold, I am come to declare unto you the glad tidings of great joy.

For the Lord hath heard thy prayers, and hath judged of thy righteousness, and hath sent me to declare unto thee that thou mayest rejoice; and that thou mayest declare unto thy people, that they may also be filled with joy.

For behold, the time cometh, and is not far distant, that with power, the Lord Omnipotent who reigneth, who was, and is from all eternity to all eternity, shall come down from heaven among the children of men, and shall dwell in a tabernacle of clay, and shall go forth amongst men, working mighty miracles, such as healing the sick, raising the dead, causing the lame to walk, the blind to receive their sight, and the deaf to hear, and curing all manner of diseases.

And he shall cast out devils, or the evil spirits which dwell in the hearts of the children of men.

And lo, he shall suffer temptations, and pain of body, hunger, thirst, and fatigue, even more than man can suffer, except it be unto death; for behold, blood cometh from every pore, so great shall be his anguish for the wickedness and the abominations of his people.

And he shall be called Jesus Christ, the Son of God, the Father of heaven and earth, the Creator of all things from the beginning; and his mother shall be called Mary.

- 9 At masdan, siya ay paparito sa kanyang kalahi, upang ang kaligtasan ay mapasa mga anak ng tao, maging sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanyang pangalan; at maging matapos ang lahat ng ito siya ay ituturing nilang isang tao, at sasabihin na siya ay may sa diyablo, at pahihirapan siya, at siya ay ipapako sa krus.
- 10 At siya ay babangon sa ikatlong araw mula sa patay; at masdan, siya ay tatayo upang hatulan ang sanlibutan; at masdan, lahat ng bagay na ito ay mangyayari upang ang makatwirang hatol ay sumapit sa mga anak ng tao.
- 11 Sapagkat masdan, at gayundin ang kanyang dugo ang magbabayad-sala para sa mga kasalanan ng mga yaong nahulog dahil sa pagkakasala ni Adan, na nangamatay na hindi nalalaman ang kalooban ng Diyos hinggil sa kanila, o kung sino ay walang malay na nagkasala.
- 12 Ngunit, sa aba, sa aba niya na nakaaalam na siya ay naghihimagsik laban sa Diyos! Sapagkat ang kaligtasan ay di mapapasa kaninuman, maliban sa pamamagitan ng pagsisisi at pananampalataya sa Panginoong Jesucristo.
- 13 At isinugo ng Panginoong Diyos ang kanyang mga banal na propeta sa mga anak ng tao, upang ipahayag ang mga bagay na ito sa lahat ng lahi, bansa, at wika, at nang sa gayon ang sinumang maniniwala na si Cristo ay paparito, sila rin ay makatatanggap ng kapatawaran ng kanilang mga kasalanan, at magsasaya sa labis na kagalakan, na parang siya ay pumaroon na sa kanila.
- 14 Gayunman, nakita ng Panginoong Diyos na ang kanyang mga tao ay mga taong matitigas ang leeg, at kanyang itinakda sa kanila ang isang batas, maging ang mga batas ni Moises.
- 15 At maraming palatandaan, at kababalaghan, at halimbawa, at pagkakahawig ang kanyang ipinakita sa kanila hinggil sa kanyang pagparito; at gayundin ang mga banal na propeta ay nagsalita sa kanila hinggil sa kanyang pagparito; at gayunman, pinatigas nila ang kanilang mga puso, at hindi naunawaan na ang mga batas ni Moises ay walang kabuluhan maliban sa ito ay sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ng kanyang dugo.

And lo, he cometh unto his own, that salvation might come unto the children of men even through faith on his name; and even after all this they shall consider him a man, and say that he hath a devil, and shall scourge him, and shall crucify him.

And he shall rise the third day from the dead; and behold, he standeth to judge the world; and behold, all these things are done that a righteous judgment might come upon the children of men.

For behold, and also his blood atoneth for the sins of those who have fallen by the transgression of Adam, who have died not knowing the will of God concerning them, or who have ignorantly sinned.

But wo, wo unto him who knoweth that he rebelleth against God! For salvation cometh to none such except it be through repentance and faith on the Lord Jesus Christ.

And the Lord God hath sent his holy prophets among all the children of men, to declare these things to every kindred, nation, and tongue, that thereby whosoever should believe that Christ should come, the same might receive remission of their sins, and rejoice with exceedingly great joy, even as though he had already come among them.

Yet the Lord God saw that his people were a stiff-necked people, and he appointed unto them a law, even the law of Moses.

And many signs, and wonders, and types, and shadows showed he unto them, concerning his coming; and also holy prophets spake unto them concerning his coming; and yet they hardened their hearts, and understood not that the law of Moses availeth nothing except it were through the atonement of his blood.



- 16 At kahit na maaaring mangyari na ang maliliit na bata ay magkasala, sila ay hindi maliligtas; ngunit sinasabi ko sa inyo, sila ay mga pinagpala; sapagkat masdan, tulad ni Adan, o sa kalikasan, sila ay nahulog, gayundin ang dugo ni Cristo ay nagbayad-sala para sa kanilang mga kasalanan.
- 17 At bukod dito, sinasabi ko sa inyo, na walang ibang pangalang ibinigay, o anumang daan, o paraan kung saan ang kaligtasan ay mapapasa mga anak ng tao, tanging kay at sa pamamagitan lamang ng pangalan ni Cristo, ang Panginoong Makapangyarihan.
- 18 Sapagkat masdan, siya ang hahatol, at ang kanyang hatol ay makatarungan; at ang sanggol ay hindi masasawi na mamamatay sa kanyang pagkasanggol; ngunit ang tao ay tutungga ng kapahamakan sa kanilang sariling mga kaluluwa maliban kung magpakumbaba sila ng kanilang sarili at maging tulad ng maliliit na bata, at maniwala na ang kaligtasan ay dumating, at dumarating, at darating, sa pamamagitan ng nagbabayad-salang dugo ni Cristo, ang Panginoong Makapangyarihan.
- 19 Sapagkat ang likas na tao ay kaaway ng Diyos, at naging gayon mula pa sa pagkahulog ni Adan, at magiging gayon, magpakailanman at walang katapusan, maliban kung kanyang bigyang-daan ang panghihikayat ng Banal na Espiritu, at hubarin ang likas na tao at maging banal sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, ang Panginoon, at maging tulad ng isang bata, masunurin, maamo, mapagpakumbaba, mapagtiis, puno ng pag-ibig, nakahandang pasakop sa lahat ng bagay na nakita ng Panginoon na angkop na ipabata sa kanya, maging katulad ng isang batang napasasakop sa kanyang ama.
- 20 At bukod dito, sinasabi ko sa inyo, na ang panahon ay darating na ang kaalaman ng isang Tagapagligtas ay kakalat sa bawat bansa, lahi, wika, at tao.
- 21 At masdan, kapag dumating ang panahong yaon, walang sinuman ang matatagpuang walang sala sa harapan ng Diyos, maliban sa maliliit na bata, tanging sa pamamagitan lamang ng pagsisisi at pananampalataya sa pangalan ng Panginoong Diyos na Makapangyarihan.

And even if it were possible that little children could sin they could not be saved; but I say unto you they are blessed; for behold, as in Adam, or by nature, they fall, even so the blood of Christ atoneth for their sins.

And moreover, I say unto you, that there shall be no other name given nor any other way nor means whereby salvation can come unto the children of men, only in and through the name of Christ, the Lord Omnipotent.

For behold he judgeth, and his judgment is just; and the infant perisheth not that dieth in his infancy; but men drink damnation to their own souls except they humble themselves and become as little children, and believe that salvation was, and is, and is to come, in and through the atoning blood of Christ, the Lord Omnipotent.

For the natural man is an enemy to God, and has been from the fall of Adam, and will be, forever and ever, unless he yields to the enticings of the Holy Spirit, and putteth off the natural man and becometh a saint through the atonement of Christ the Lord, and becometh as a child, submissive, meek, humble, patient, full of love, willing to submit to all things which the Lord seeth fit to inflict upon him, even as a child doth submit to his father.

And moreover, I say unto you, that the time shall come when the knowledge of a Savior shall spread throughout every nation, kindred, tongue, and people.

And behold, when that time cometh, none shall be found blameless before God, except it be little children, only through repentance and faith on the name of the Lord God Omnipotent.

22 At maging sa panahong ito, matapos na maturuan mo ang iyong mga tao ng mga bagay na iniutos sa inyo ng Panginoon ninyong Diyos, maging magkagayon man, sila ay hindi matatagpuang walang sala sa paningin ng Diyos, tanging alinsunod lamang sa mga salitang aking sinabi sa iyo.

23 At ngayon, nasabi ko na ang mga salitang iniutos sa akin ng Panginoong Diyos.

24 At ganito ang wika ng Panginoon: Ang mga yaon ay magsisilbing malinaw na patotoo laban sa mga taong ito, sa araw ng paghuhukom; samakatwid sila ay hahatulan, bawat tao alinsunod sa kanyang mga gawa, maging ang mga yaon ay mabuti, o maging ang mga yaon ay masama.

25 At kung sila ay masama, sila ay matatalaga sa isang kakila-kilabot na tanawin ng kanilang sariling pagkakasala at mga gawang karumal-dumal, na magiging dahilan upang sila ay manliit sa harapan ng Panginoon tungo sa isang mahirap na kalagayang puspos ng kalungkutan at walang katapusang parusa, kung saan sila ay hindi na makababalik; anupa't sila ay tumungga ng kapahamakan sa kanilang sariling mga kaluluwa.

26 Kaya nga, sila ay tumungga mula sa saro ng poot ng Diyos, kung aling katarungan ay hindi na maipagkakait sa kanila tulad din ng hindi pagkakait nito na si Adan ay nararapat na mahulog dahil sa kanyang pagkain ng ipinagbabawal na bunga; samakatwid, ang awa ay hindi na magkakaroon ng pag-angkin sa kanila magpakailanman.

27 At ang kanilang parusa ay kagaya ng isang lawa ng apoy at asupre, na ang mga ningas ay di maapula, at ang usok ay pumapailanglang magpakailanman at walang katapusan. At gayon ang iniutos sa akin ng Panginoon. Amen.

And even at this time, when thou shalt have taught thy people the things which the Lord thy God hath commanded thee, even then are they found no more blameless in the sight of God, only according to the words which I have spoken unto thee.

And now I have spoken the words which the Lord God hath commanded me.

And thus saith the Lord: They shall stand as a bright testimony against this people, at the judgment day; whereof they shall be judged, every man according to his works, whether they be good, or whether they be evil.

And if they be evil they are consigned to an awful view of their own guilt and abominations, which doth cause them to shrink from the presence of the Lord into a state of misery and endless torment, from whence they can no more return; therefore they have drunk damnation to their own souls.

Therefore, they have drunk out of the cup of the wrath of God, which justice could no more deny unto them than it could deny that Adam should fall because of his partaking of the forbidden fruit; therefore, mercy could have claim on them no more forever.

And their torment is as a lake of fire and brimstone, whose flames are unquenchable, and whose smoke ascendeth up forever and ever. Thus hath the Lord commanded me. Amen.

## Mosiah 4

- 1 At ngayon, ito ay nangyari na, nang si haring Benjamin ay matapos sa pangungusap sa mga salitang ibinigay sa kanya ng anghel ng Panginoon, ay iginala niya ang kanyang mga paningin sa maraming tao, at masdan, sila ay nangapalugmok sa lupa, sapagkat ang pagkatakot sa Panginoon ay nanaig sa kanila.
- 2 At nakita nila ang sarili sa kanilang makamundong kalagayan, maging higit na mababa kaysa sa alabok ng lupa. At silang lahat ay sumigaw nang malakas sa iisang tinig, sinasabing: O maawa, at gamitin ang nagbabayad-salang dugo ni Cristo upang kami ay makatanggap ng kapatawaran ng aming mga kasalanan, at ang aming mga puso ay maging dalisay; sapagkat kami ay naniniwala kay Jesucristo, na Anak ng Diyos, na siyang lumikha ng langit at lupa, at lahat ng bagay; na siyang bababa sa mga anak ng tao.
- 3 At ito ay nangyari na, na matapos na kanilang sabihin ang mga salitang ito, ang Espiritu ng Panginoon ay napasakanila, at sila ay napuspos ng kagalakan, sa pagkatanggap ng kapatawaran ng kanilang mga kasalanan, at sa pagkakaroon ng katahimikan ng budhi dahil sa labis na pananampalataya nila kay Jesucristo na paparito, ayon sa mga salitang sinabi ni haring Benjamin sa kanila.
- 4 At muling binuksan ni haring Benjamin ang kanyang bibig at nagsimulang magsalita sa kanila, sinasabing: Aking mga kaibigan at aking mga kapatid, aking mga kaanak at aking mga tao, muli kong tatawagin ang inyong pansin, upang inyong marinig at maunawaan ang nalalabi sa aking mga salita na sasabihin ko sa inyo.
- 5 Sapagkat masdan, kung ang kaalaman ng kabutihan ng Diyos sa oras na ito ay gumising sa inyo sa isang damdamin ng inyong kawalang-kabuluhan, at inyong pagiging walang kahalagahan at nahulog na kalagayan—

## Mosiah 4

And now, it came to pass that when king Benjamin had made an end of speaking the words which had been delivered unto him by the angel of the Lord, that he cast his eyes round about on the multitude, and behold they had fallen to the earth, for the fear of the Lord had come upon them.

And they had viewed themselves in their own carnal state, even less than the dust of the earth. And they all cried aloud with one voice, saying: O have mercy, and apply the atoning blood of Christ that we may receive forgiveness of our sins, and our hearts may be purified; for we believe in Jesus Christ, the Son of God, who created heaven and earth, and all things; who shall come down among the children of men.

And it came to pass that after they had spoken these words the Spirit of the Lord came upon them, and they were filled with joy, having received a remission of their sins, and having peace of conscience, because of the exceeding faith which they had in Jesus Christ who should come, according to the words which king Benjamin had spoken unto them.

And king Benjamin again opened his mouth and began to speak unto them, saying: My friends and my brethren, my kindred and my people, I would again call your attention, that ye may hear and understand the remainder of my words which I shall speak unto you.

For behold, if the knowledge of the goodness of God at this time has awakened you to a sense of your nothingness, and your worthless and fallen state—

6 Sinasabi ko sa inyo, kung kayo ay nakarating sa kaalaman ng kabutihan ng Diyos, at ng kanyang di mapapantayang kapangyarihan, at kanyang karunungan, at kanyang kahinahunan, at kanyang mahabang pagtitiis sa mga anak ng tao; at gayundin, ang pagbabayad-sala na inihanda mula pa sa pagkakatatag ng daigdig, nang sa gayon ang kaligtasan ay mapasakanya na magbibigay ng pagtitiwala niya sa Panginoon, at magiging masigasig sa pagsunod sa kanyang mga kautusan, at magpapatuloy sa pananampalataya maging hanggang sa katapusan ng kanyang buhay, ang buhay ng katawang mortal ang tinutukoy ko—

7 Sinasabi ko, na ito ang taong tumatangap ng kaligtasan, sa pamamagitan ng pagbabayad-salang inihanda mula sa pagkakatatag ng daigdig para sa buong sangkatauhan, sa simula pa ng pagkahulog ni Adan, o sinuman ngayon o sinuman sa darating, maging hanggang sa katapusan ng daigdig.

8 At ito ang paraan kung paano ang kaligtasan ay darating. At walang ibang kaligtasan maliban dito sa nabanggit; ni walang ibang mga hinihingi kung paano ang tao ay maliligtas maliban sa mga hinihinging aking sinabi sa inyo.

9 Maniwala sa Diyos; maniwala na siya nga, at na siya ang lumikha ng lahat ng bagay, kapwa sa langit at sa lupa; maniwala na taglay niya ang lahat ng karunungan, at lahat ng kapangyarihan, kapwa sa langit at sa lupa; maniwalang hindi nauunawaan ng tao ang lahat ng bagay na nauunawaan ng Panginoon.

10 At muli, maniwala na kayo ay kinakailangang magsisi ng inyong mga kasalanan at talikdan ang mga ito, at magpakumbaba ng inyong sarili sa harapan ng Diyos; at humingi nang taos sa puso nang kayo ay kanyang patawarin; at ngayon, kung kayo ay naniniwala sa lahat ng bagay na ito, tiyaking ito ay inyong gagawin.

I say unto you, if ye have come to a knowledge of the goodness of God, and his matchless power, and his wisdom, and his patience, and his long-suffering towards the children of men; and also, the atonement which has been prepared from the foundation of the world, that thereby salvation might come to him that should put his trust in the Lord, and should be diligent in keeping his commandments, and continue in the faith even unto the end of his life, I mean the life of the mortal body—

I say, that this is the man who receiveth salvation, through the atonement which was prepared from the foundation of the world for all mankind, which ever were since the fall of Adam, or who are, or who ever shall be, even unto the end of the world.

And this is the means whereby salvation cometh. And there is none other salvation save this which hath been spoken of; neither are there any conditions whereby man can be saved except the conditions which I have told you.

Believe in God; believe that he is, and that he created all things, both in heaven and in earth; believe that he has all wisdom, and all power, both in heaven and in earth; believe that man doth not comprehend all the things which the Lord can comprehend.

And again, believe that ye must repent of your sins and forsake them, and humble yourselves before God; and ask in sincerity of heart that he would forgive you; and now, if you believe all these things see that ye do them.

11 At muli, sinasabi ko sa inyo gaya ng sinabi ko noon, sapagkat kayo ay dumating sa kaalaman ng kaluwalhatian ng Diyos, o kung napag-alaman ninyo ang kanyang kabutihan at natikman ang kanyang pag-ibig, at nakatanggap ng kapatawaran ng inyong mga kasalanan, na nagiging dahilan ng labis na malaking kagalakan sa inyong mga kaluluwa, gayundin nais kong inyong pakatandaan, at laging panatilihin sa inyong alaala ang kadakilaan ng Diyos, at ang inyong sariling kawalang-kabuluhan, at ang kanyang kabutihan, at mahabang pagtitiis sa inyo, na mga di karapat-dapat na nilikha, at magpakumbaba ng inyong sarili maging sa kailaliman ng pagpapakumbaba, nananawagan sa pangalan ng Panginoon sa araw-araw, at matatag na naninindigan sa pananampalataya sa kanya na paparito, na sinabi ng bibig ng anghel.

12 At masdan, sinasabi ko sa inyo na kung ito ay inyong gagawin kayo ay laging magsasaya, at mapupuspos ng pag-ibig ng Diyos, at laging mananatili ang kapatawaran ng inyong mga kasalanan; at kayo ay uunlad sa kaalaman ng kaluwalhatian niya na lumikha sa inyo, o sa kaalaman ng yaong makatarungan at totoo.

13 At hindi kayo maglalayong saktan ang isa't isa, kundi ang mabuhay nang mapayapa, at ibigay sa bawat tao ang alinsunod sa nararapat sa kanya.

14 At hindi ninyo pahihintulutan ang inyong mga anak na sila ay magutom, o maging hubad; ni hindi ninyo ipahihintulot na sila ay lumabag sa mga batas ng Diyos, at makipaglaban at makipag-away sa isa't isa, at magsilbi sa diyablo, na siyang panginoon ng kasalanan, o siyang masamang espiritu na sinabi ng ating mga ama, siya na isang kaaway ng lahat ng kabutihan.

15 Kundi tuturuan ninyo silang lumakad sa mga daan ng katotohanan at kahinahunan; tuturuan ninyo silang mahalín ang isa't isa, at paglingkuran ang isa't isa.

16 At gayundin, kayo na rin sa inyong sarili ay tutulong sa kanila na nangangailangan ng inyong tulong; ibabahagi ninyo ang inyong kabuhayan sa kanya na nangangailangan; at hindi ninyo pahihintulutan na ang kahilingan ng pulubi sa inyo ay mawalan ng saysay, at ipagtabuyan siya upang masawi.

And again I say unto you as I have said before, that as ye have come to the knowledge of the glory of God, or if ye have known of his goodness and have tasted of his love, and have received a remission of your sins, which causeth such exceedingly great joy in your souls, even so I would that ye should remember, and always retain in remembrance, the greatness of God, and your own nothingness, and his goodness and long-suffering towards you, unworthy creatures, and humble yourselves even in the depths of humility, calling on the name of the Lord daily, and standing steadfastly in the faith of that which is to come, which was spoken by the mouth of the angel.

And behold, I say unto you that if ye do this ye shall always rejoice, and be filled with the love of God, and always retain a remission of your sins; and ye shall grow in the knowledge of the glory of him that created you, or in the knowledge of that which is just and true.

And ye will not have a mind to injure one another, but to live peaceably, and to render to every man according to that which is his due.

And ye will not suffer your children that they go hungry, or naked; neither will ye suffer that they transgress the laws of God, and fight and quarrel one with another, and serve the devil, who is the master of sin, or who is the evil spirit which hath been spoken of by our fathers, he being an enemy to all righteousness.

But ye will teach them to walk in the ways of truth and soberness; ye will teach them to love one another, and to serve one another.

And also, ye yourselves will succor those that stand in need of your succor; ye will administer of your substance unto him that standeth in need; and ye will not suffer that the beggar putteth up his petition to you in vain, and turn him out to perish.

17 Marahil inyong sasabihin: Ang tao ang nagdala sa kanyang sarili ng kanyang kalungkutan; kaya nga pipigilin ko ang aking kamay, at hindi ibibigay sa kanya ang aking pagkain, o ibabahagi sa kanya ang aking kabuhayan nang hindi siya maghirap, sapagkat ang kanyang mga kaparusahan ay makatarungan—

18 Ngunit sinasabi ko sa inyo, o mga tao, sinuman ang gumawa nito siya rin ay may malaking dahilan upang magsisi; at maliban sa siya ay magsisi roon sa kanyang ginawa, siya ay masasawi magpakailanman, at walang puwang sa kaharian ng Diyos.

19 Sapagkat masdan, hindi ba't tayong lahat ay mga pulubi? Hindi ba't tayong lahat ay umaasa sa iisang Katauhan, maging sa Diyos, sa lahat ng kabuhayan na nasa atin, kapwa sa pagkain at kasuotan, at sa ginto, at sa pilak, at sa bawat uri ng lahat ng kayamanan na nasa atin?

20 At masdan, maging sa sandaling ito, kayo ay nananawagan sa kanyang pangalan, at nagsusumamo para sa kapatawaran ng inyong mga kasalanan. At pinahintulutan ba niya na ang inyong pagsusumamo ay mawalan ng saysay? Hindi; kanyang ibinuhos ang kanyang Espiritu sa inyo, at pinapangyari na ang inyong mga puso ay mapuspos ng galak, at pinapangyari na ang inyong mga bibig ay pigilin upang kayo ay hindi makapagsalita, sadyang labis-labis ang inyong kagalakan.

21 At ngayon, kung ang Diyos na lumikha sa inyo, kung kanino kayo ay umaasa para sa inyong mga buhay at para sa lahat ng nasasainyo at kakailanganin ninyo, na nagbibigay sa inyo ng anumang inyong hinihiling na tama, nang may pananampalataya, naniniwala na kayo ay makatatanggap, O kung gayon, higit kayong nararapat na magbahagi ng inyong kabuhayan na mayroon kayo sa isa't isa.

Perhaps thou shalt say: The man has brought upon himself his misery; therefore I will stay my hand, and will not give unto him of my food, nor impart unto him of my substance that he may not suffer, for his punishments are just—

But I say unto you, O man, whosoever doeth this the same hath great cause to repent; and except he repenteth of that which he hath done he perisheth forever, and hath no interest in the kingdom of God.

For behold, are we not all beggars? Do we not all depend upon the same Being, even God, for all the substance which we have, for both food and raiment, and for gold, and for silver, and for all the riches which we have of every kind?

And behold, even at this time, ye have been calling on his name, and begging for a remission of your sins. And has he suffered that ye have begged in vain? Nay; he has poured out his Spirit upon you, and has caused that your hearts should be filled with joy, and has caused that your mouths should be stopped that ye could not find utterance, so exceedingly great was your joy.

And now, if God, who has created you, on whom you are dependent for your lives and for all that ye have and are, doth grant unto you whatsoever ye ask that is right, in faith, believing that ye shall receive, O then, how ye ought to impart of the substance that ye have one to another.

- 22 At kung hahatulan ninyo ang taong humihingi sa inyo ng inyong kabuhayan upang siya ay hindi masawi, at hatulan siya, gaano higit na makatarungan ang inyong magiging kahatulan dahil sa pagkakait ninyo ng inyong kabuhayan, kung alin ay hindi ninyo pag-aari, kundi sa Diyos, kung sino ay siya ring nagmamay-ari ng inyong buhay; at gayon pa man, hindi kayo humihingi, ni nagsisisi sa mga bagay na inyong nagawa.
- 23 Sinasabi ko sa inyo, sa aba sa taong yaon, sapagkat ang kanyang kabuhayan ay mawawalang kasama niya; at ngayon, sinasabi ko ang mga bagay na ito sa yaong mayayaman ukol sa mga bagay ng daigdig na ito.
- 24 At muli, sinasabi ko sa mga maralita, kayo na wala at gayon pa man ay may sapat, na kayo ay magpatuloy sa araw-araw; ang tinutukoy ko ay kayong lahat na nagkait sa mga pulubi, sapagkat kayo ay wala; nais kong sabihin ninyo sa inyong mga puso na: Hindi ako nagbigay sapagkat ako ay wala, ngunit kung ako ay mayroon ako ay magbibigay.
- 25 At ngayon, kung ito ay sasabihin ninyo sa inyong mga puso, kayo ay mananatiling walang sala, kung hindi, kayo ay susumpain; at ang hatol sa inyo ay makatarungan sapagkat kayo ay nagnanasa sa hindi ninyo tinanggap.
- 26 At ngayon, alang-alang sa mga bagay na ito na aking sinabi sa inyo—na, alang-alang sa pananatili ng kapatawaran ng inyong mga kasalanan sa araw-araw, upang kayo ay makalakad nang walang kasalanan sa harapan ng Diyos—nais kong ibahagi ninyo ang inyong kabuhayan sa mga maralita, bawat tao alinsunod sa kung ano ang mayroon siya, gaya ng pagpapakain sa nagugutom, pagpapanamit sa hubad, pagdalaw sa may karamdaman, at pangangasiwa sa kanilang ikagiginhawa, kapwa espirituwal at temporal, alinsunod sa kanilang mga pangangailangan.
- 27 At tiyakin na ang lahat ng bagay na ito ay gagawin sa karunungan at kaayusan; sapagkat hindi kinakailangan na ang tao ay tumakbo nang higit na mabilis kaysa sa kanyang lakas. At muli, kinakailangang siya ay maging masigasig, nang sa gayon siya ay magkamit ng gantimpala, anupa't ang lahat ng bagay ay dapat na gawin nang maayos.

And if ye judge the man who putteth up his petition to you for your substance that he perish not, and condemn him, how much more just will be your condemnation for withholding your substance, which doth not belong to you but to God, to whom also your life belongeth; and yet ye put up no petition, nor repent of the thing which thou hast done.

I say unto you, wo be unto that man, for his substance shall perish with him; and now, I say these things unto those who are rich as pertaining to the things of this world.

And again, I say unto the poor, ye who have not and yet have sufficient, that ye remain from day to day; I mean all you who deny the beggar, because ye have not; I would that ye say in your hearts that: I give not because I have not, but if I had I would give.

And now, if ye say this in your hearts ye remain guiltless, otherwise ye are condemned; and your condemnation is just for ye covet that which ye have not received.

And now, for the sake of these things which I have spoken unto you—that is, for the sake of retaining a remission of your sins from day to day, that ye may walk guiltless before God—I would that ye should impart of your substance to the poor, every man according to that which he hath, such as feeding the hungry, clothing the naked, visiting the sick and administering to their relief, both spiritually and temporally, according to their wants.

And see that all these things are done in wisdom and order; for it is not requisite that a man should run faster than he has strength. And again, it is expedient that he should be diligent, that thereby he might win the prize; therefore, all things must be done in order.

- 28 At nais kong inyong pakatandaan, na sinuman sa inyo ang manghiram sa kanyang kapitbahay ay nararapat na isauli ang bagay na kanyang hiniram, alinsunod sa kanyang pinakipagkasunduan, o kung hindi, kayo ay magkakasala; at marahil, inyong papapangyarihin ang inyong kapitbahay na magkasala rin.
- 29 At sa huli, hindi ko masasabi sa inyo ang lahat ng bagay kung saan kayo ay maaaring magkasala; sapagkat maraming magkakaibang daan at mga paraan, na lubhang napakarami kung kaya't hindi ko na yaon magagawang bilangin.
- 30 Ngunit ito lamang ang masasabi ko sa inyo, na kung hindi ninyo babantayan ang inyong sarili, at ang inyong mga isipan, at ang inyong mga salita, at ang inyong mga gawa, at susunod sa mga kautusan ng Diyos, at magpapatuloy sa pananampalataya sa inyong mga narinig hinggil sa pagparito ng ating Panginoon, maging hanggang sa katapusan ng inyong mga buhay, kayo ay tiyak na masasawi. At ngayon, O tao, pakatandaan at nang huwag masawi.

And I would that ye should remember, that whosoever among you borroweth of his neighbor should return the thing that he borroweth, according as he doth agree, or else thou shalt commit sin; and perhaps thou shalt cause thy neighbor to commit sin also.

And finally, I cannot tell you all the things whereby ye may commit sin; for there are divers ways and means, even so many that I cannot number them.

But this much I can tell you, that if ye do not watch yourselves, and your thoughts, and your words, and your deeds, and observe the commandments of God, and continue in the faith of what ye have heard concerning the coming of our Lord, even unto the end of your lives, ye must perish. And now, O man, remember, and perish not.



## Mosiah 5

- 1 At ngayon, ito ay nangyari na, nang si haring Benjamin ay makapangusap sa kanyang mga tao, siya ay nagpasugo sa kanila, nagnanais na malaman kung ang kanyang mga tao ay naniwala sa mga salitang kanyang sinabi sa kanila.
- 2 At silang lahat ay sumigaw sa iisang tinig, sinasabing: Oo, pinaniniwalaan namin ang lahat ng salitang iyong sinabi sa amin; at gayundin, alam namin ang katiyakan at katotohanan ng mga yaon, dahil sa Espiritu ng Panginoong Makapangyarihan na gumawa ng malaking pagbabago sa amin, o sa aming mga puso, kaya nga kami ay wala nang hangarin pang gumawa ng masama, kundi ang patuloy na gumawa ng mabuti.
- 3 At kami, sa aming sarili, gayon din, sa pamamagitan ng walang hanggang kabutihan ng Diyos, at sa mga pagpapahayag ng kanyang Espiritu, ay nagkaroon ng mga dakilang pananaw sa yaong darating; at kung kapaki-pakinabang, maaari kaming makapagpropesiya ng lahat ng bagay.
- 4 At ito ang pananampalatayang nakamit namin sa mga bagay na sinabi sa amin ng aming hari na nagdala sa amin sa ganito kadakilang kaalaman, kung kaya't kami ay nagsasaya nang labis-labis sa dakilang kagalakan.
- 5 At kami ay nahahandang makipagtipan sa aming Diyos na gawin ang kanyang kalooban, at maging masunurin sa kanyang mga kautusan sa lahat ng bagay na kanyang ipag-uutos sa amin, sa lahat ng nalalabi naming mga araw, upang hindi namin dalhin sa aming sarili ang isang walang katapusang parusa, kagaya ng sinabi ng anghel, upang hindi kami makatungga sa saro ng poot ng Diyos.
- 6 At ngayon, ito ang mga salitang ninais marinig ni haring Benjamin mula sa kanila; at samakatwid, kanyang sinabi sa kanila: Inyong sinabi ang mga salitang aking nais na marinig; at ang tipang inyong ginawa ay isang mabuting tipan.

## Mosiah 5

And now, it came to pass that when king Benjamin had thus spoken to his people, he sent among them, desiring to know of his people if they believed the words which he had spoken unto them.

And they all cried with one voice, saying: Yea, we believe all the words which thou hast spoken unto us; and also, we know of their surety and truth, because of the Spirit of the Lord Omnipotent, which has wrought a mighty change in us, or in our hearts, that we have no more disposition to do evil, but to do good continually.

And we, ourselves, also, through the infinite goodness of God, and the manifestations of his Spirit, have great views of that which is to come; and were it expedient, we could prophesy of all things.

And it is the faith which we have had on the things which our king has spoken unto us that has brought us to this great knowledge, whereby we do rejoice with such exceedingly great joy.

And we are willing to enter into a covenant with our God to do his will, and to be obedient to his commandments in all things that he shall command us, all the remainder of our days, that we may not bring upon ourselves a never-ending torment, as has been spoken by the angel, that we may not drink out of the cup of the wrath of God.

And now, these are the words which king Benjamin desired of them; and therefore he said unto them: Ye have spoken the words that I desired; and the covenant which ye have made is a righteous covenant.

- 7 At ngayon, dahil sa tipang inyong ginawa kayo ay tatawaging mga anak ni Cristo, mga anak niyang lalaki, at mga anak niyang babae; sapagkat masdan, sa araw na ito kayo ay kanyang espirituwal na isinilang; sapagkat sinasabi ninyo na ang inyong mga puso ay nagbago sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanyang pangalan; anupa't kayo ay isinilang sa kanya at naging kanyang mga anak na lalaki at mga anak na babae.
- 8 At sa ilalim ng pangalang ito, kayo ay ginawang malaya, at walang ibang pangalan kung saan kayo ay kayang gawing malaya. Walang ibang pangalang ibinigay kung saan ang kaligtasan ay darating; kaya nga, nais kong taglayin ninyo ang pangalan ni Cristo, kayong lahat na nakipagtipan sa Diyos, na kayo ay maging masunurin hanggang sa wakas ng inyong mga buhay.
- 9 At ito ay mangyayari na sinuman ang gagawa nito ay matatagpuan sa kanang kamay ng Diyos, sapagkat malalaman niya ang pangalang itatawag sa kanya; sapagkat siya ay tatawagin sa pangalan ni Cristo.
- 10 At ngayon, ito ay mangyayari na sinuman ang hindi magtataglay ng pangalan ni Cristo sa kanyang sarili ay tatawagin sa ibang pangalan; anupa't matatagpuan niya ang sarili sa kaliwang kamay ng Diyos.
- 11 At nais kong inyo ring pakatandaan, na ito ang pangalang sinabi ko na aking ibibigay sa inyo na hindi kailanman mabubura, maliban na lamang kung dahil sa kasalanan; kaya nga, ingatan ninyo na hindi kayo magkasala, nang ang pangalan ay hindi mabura sa inyong mga puso.
- 12 Sinasabi ko sa inyo, nais kong inyong pakatandaan na panatilihing laging nakasulat ang pangalan sa inyong mga puso, nang kayo ay hindi matagpuan sa kaliwang kamay ng Diyos, kundi ang inyong marinig at makilala ang tinig ng tatawag sa inyo, at gayundin, ang pangalang kanyang itatawag sa inyo.
- 13 Sapagkat paano makikilala ng isang tao ang panginoon na hindi niya pinaglingkuran, at kung sino ay dayuhan sa kanya, at malayo sa pag-iisip at mga hangarin ng kanyang puso?

And now, because of the covenant which ye have made ye shall be called the children of Christ, his sons, and his daughters; for behold, this day he hath spiritually begotten you; for ye say that your hearts are changed through faith on his name; therefore, ye are born of him and have become his sons and his daughters.

And under this head ye are made free, and there is no other head whereby ye can be made free. There is no other name given whereby salvation cometh; therefore, I would that ye should take upon you the name of Christ, all you that have entered into the covenant with God that ye should be obedient unto the end of your lives.

And it shall come to pass that whosoever doeth this shall be found at the right hand of God, for he shall know the name by which he is called; for he shall be called by the name of Christ.

And now it shall come to pass, that whosoever shall not take upon him the name of Christ must be called by some other name; therefore, he findeth himself on the left hand of God.

And I would that ye should remember also, that this is the name that I said I should give unto you that never should be blotted out, except it be through transgression; therefore, take heed that ye do not transgress, that the name be not blotted out of your hearts.

I say unto you, I would that ye should remember to retain the name written always in your hearts, that ye are not found on the left hand of God, but that ye hear and know the voice by which ye shall be called, and also, the name by which he shall call you.

For how knoweth a man the master whom he has not served, and who is a stranger unto him, and is far from the thoughts and intents of his heart?

14 At muli, kinukuha ba ng isang tao ang asno na pag-aari ng kanyang kapitbahay, at itatago ito? Sinasabi ko sa inyo, Hindi; ni hindi niya pahihintulutan na pakainin ito sa kanyang mga kawan, kundi ito ay kanyang itataboy, at iwawaksi sa labas. Sinasabi ko sa inyo, gayundin ang mangyayari sa inyo kung hindi ninyo nalalaman ang pangalang itatawag sa inyo.

15 Sa gayon, nais kong kayo ay maging matatag at huwag matitinag, laging nananagana sa mabubuting gawa, upang si Cristo, ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan, ay matatakan kayong kanya, upang kayo ay madala sa langit, upang kayo ay magkaroon ng walang hanggang kaligtasan at buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ng karunungan, at kapangyarihan, at katarungan, at awa niya na lumikha sa lahat ng bagay na nasa langit at sa lupa, na siyang Diyos ng lahat. Amen.

And again, doth a man take an ass which belongeth to his neighbor, and keep him? I say unto you, Nay; he will not even suffer that he shall feed among his flocks, but will drive him away, and cast him out. I say unto you, that even so shall it be among you if ye know not the name by which ye are called.

Therefore, I would that ye should be steadfast and immovable, always abounding in good works, that Christ, the Lord God Omnipotent, may seal you his, that you may be brought to heaven, that ye may have everlasting salvation and eternal life, through the wisdom, and power, and justice, and mercy of him who created all things, in heaven and in earth, who is God above all. Amen.

## Mosiah 6

- 1 At ngayon, inakala ni haring Benjamin na kapakipakinabang, matapos mangusap sa mga tao, na kunin niya ang pangalan ng lahat ng yaong nakipagtipan sa Diyos na susundin ang kanyang mga kautusan.
- 2 At ito ay nangyari na, na wala kahit isang kaluluwa, maliban sa maliliit na bata, ang hindi nakipagtipan at tinaglay sa kanilang sarili ang pangalan ni Cristo.
- 3 At muli, ito ay nangyari na, nang si haring Benjamin ay makatapos sa lahat ng bagay na ito, at itinalaga ang kanyang anak na si Mosias na maging tagapamahala at hari ng kanyang mga tao, at ibinigay sa kanya ang lahat ng pananagutan hinggil sa kaharian, at naghirang din ng mga saserdote upang turuan ang mga tao, nang sa gayon maaari nilang marinig at malaman ang mga kautusan ng Diyos, at upang pukawin sila sa pag-alaala ng sumpang kanilang ginawa, pinauwi na niya ang maraming tao, at sila ay nagsiuwi, bawat isa, alinsunod sa kanilang mga mag-anak, sa kanilang tahanan.
- 4 At si Mosias ay nagsimulang mamahala bilang kahalili ng kanyang ama. At nagsimula siyang mamahala sa ikatatlumpung taon ng kanyang gulang, gumagawa ng kabuuan nang, mga apat na raan at pitumpu at anim na taon mula sa panahong lisanin ni Lehi ang Jerusalem.
- 5 At si haring Benjamin ay nabuhay ng tatlo pang taon at siya ay namatay.
- 6 At ito ay nangyari na, na si haring Mosias ay lumakad sa mga landas ng Panginoon, at sinunod ang kanyang mga paghuhukom at kanyang mga batas, at sinunod ang kanyang mga kautusan sa lahat ng bagay na ipinag-uutos sa kanya.
- 7 At ipinabungkal ni haring Mosias ang lupa sa kanyang mga tao. At siya rin, ay nagbungkal ng lupa, nang sa gayon siya ay hindi maging pagbigat sa kanyang mga tao, upang magawa niya ang naaalinsunod sa ginawa ng kanyang ama sa lahat ng bagay. At walang ano mang alitang nangyari sa kanyang mga tao sa loob ng tatlong taon.

## Mosiah 6

And now, king Benjamin thought it was expedient, after having finished speaking to the people, that he should take the names of all those who had entered into a covenant with God to keep his commandments.

And it came to pass that there was not one soul, except it were little children, but who had entered into the covenant and had taken upon them the name of Christ.

And again, it came to pass that when king Benjamin had made an end of all these things, and had consecrated his son Mosiah to be a ruler and a king over his people, and had given him all the charges concerning the kingdom, and also had appointed priests to teach the people, that thereby they might hear and know the commandments of God, and to stir them up in remembrance of the oath which they had made, he dismissed the multitude, and they returned, every one, according to their families, to their own houses.

And Mosiah began to reign in his father's stead. And he began to reign in the thirtieth year of his age, making in the whole, about four hundred and seventy-six years from the time that Lehi left Jerusalem.

And king Benjamin lived three years and he died.

And it came to pass that king Mosiah did walk in the ways of the Lord, and did observe his judgments and his statutes, and did keep his commandments in all things whatsoever he commanded him.

And king Mosiah did cause his people that they should till the earth. And he also, himself, did till the earth, that thereby he might not become burdensome to his people, that he might do according to that which his father had done in all things. And there was no contention among all his people for the space of three years.

## Mosiah 7

- 1 At ngayon, ito ay nangyari na, na matapos makatamasa si haring Mosias ng patuloy na kapayapaan sa loob ng tatlong taon, nagnais siyang malaman ang hinggil sa mga taong umahon upang manirahan sa lupain ng Lehi-Nephi, o sa lunsod ng Lehi-Nephi; sapagkat ang kanyang mga tao ay walang anumang nabalitaan hinggil sa kanila mula pa noong panahong umalis sila sa lupain ng Zarahemla; samakatwid, binagabag siya ng kanilang mga panliligalig.
- 2 At ito ay nangyari na, na pinahintulutan ni haring Mosias na umahon ang labing-anim sa kanilang malalakas na kalalakihan sa lupain ng Lehi-Nephi, upang magsiyasat hinggil sa kanilang mga kapatid.
- 3 At ito ay nangyari na, na nagsimula silang umahon kinabukasan, kasama nila ang isang Ammon, siya na isang malakas at magiting na lalaki, at isang inapo ni Zarahemla; at siya rin ang kanilang pinuno.
- 4 At ngayon, hindi nila alam kung anong landas ang kanilang tatahakin sa ilang upang makaahon sa lupain ng Lehi-Nephi; kaya nga, nagpagala-gala sila ng maraming araw sa ilang, maging sa apatnapung araw silang nagpagala-gala.
- 5 At nang nakagala na sila ng apatnapung araw ay nakarating sila sa isang burol, na nasa hilaga ng lupain ng Silom, at doon nila itinayo ang kanilang mga tolda.
- 6 At ipinagsama ni Ammon ang tatlo sa kanyang mga kapatid, at ang kanilang mga pangalan ay Amaleki, Helem, at Hem, at bumaba sila sa lupain ng Nephi.
- 7 At masdan, nakaharap nila ang hari ng mga tao na nasa lupain ng Nephi, at sa lupain ng Silom; at pinalibutan sila ng mga bantay ng hari, at dinakip, at iginapos, at ipinasok sa bilangguan.
- 8 At ito ay nangyari na, nang ikalawang araw nila sa bilangguan ay muli silang dinala sa harapan ng hari, at ang kanilang mga gapos ay kinalag; at tumayo sila sa harapan ng hari, at pinahintulutan sila, o sa lalong maliwanag, inutusang sagutin nila ang mga katanungang kanyang itatanong sa kanila.

## Mosiah 7

And now, it came to pass that after king Mosiah had had continual peace for the space of three years, he was desirous to know concerning the people who went up to dwell in the land of Lehi-Nephi, or in the city of Lehi-Nephi; for his people had heard nothing from them from the time they left the land of Zarahemla; therefore, they wearied him with their teasings.

And it came to pass that king Mosiah granted that sixteen of their strong men might go up to the land of Lehi-Nephi, to inquire concerning their brethren.

And it came to pass that on the morrow they started to go up, having with them one Ammon, he being a strong and mighty man, and a descendant of Zarahemla; and he was also their leader.

And now, they knew not the course they should travel in the wilderness to go up to the land of Lehi-Nephi; therefore they wandered many days in the wilderness, even forty days did they wander.

And when they had wandered forty days they came to a hill, which is north of the land of Shilom, and there they pitched their tents.

And Ammon took three of his brethren, and their names were Amaleki, Helem, and Hem, and they went down into the land of Nephi.

And behold, they met the king of the people who were in the land of Nephi, and in the land of Shilom; and they were surrounded by the king's guard, and were taken, and were bound, and were committed to prison.

And it came to pass when they had been in prison two days they were again brought before the king, and their bands were loosed; and they stood before the king, and were permitted, or rather commanded, that they should answer the questions which he should ask them.

- 9 At sinabi niya sa kanila: Masdan, ako si Limhi, ang anak ni Noe, na anak ni Zenif, na lumisan sa lupain ng Zarahemla upang manahin ang lupaing ito, na lupain ng kanilang mga ama, na ginawang hari sa pamamagitan ng tinig ng mga tao.
- 10 At ngayon, nais kong malaman ang dahilan kung bakit nangahas kayong lumapit sa mga muog ng lunsod, nang ako na rin, ay kasama ng aking mga bantay sa labas ng pintuang-bayan?
- 11 At ngayon, sa dahilang ito kung kaya't kayo ay pinahintulutan kong mabuhay, upang matanong ko kayo, kung hindi ay ipinapatay ko na sana kayo sa aking mga bantay. Pinahihintulutan kayong makapagsalita.
- 12 At ngayon, nang matanto ni Ammon na siya ay pinahihintulutang makapagsalita, lumapit siya at yumukod sa harapan ng hari; at nang muling tumayo ay sinabi niya: O hari, labis akong nagpapasalamat sa Diyos sa araw na ito na nabubuhay pa ako, at pinahihintulutang makapagsalita; at mangangahas akong magsalita pa;
- 13 Sapagkat ako ay nakatitiyak na kung nakikilala ninyo ako ay hindi ninyo pahihintulutang ako ay magapos. Sapagkat ako, si Ammon, ay isang inapo ni Zarahemla, at naglakbay mula sa lupain ng Zarahemla upang magsiyasat hinggil sa aming mga kapatid, na inilabas ni Zenif mula sa lupain.
- 14 At ngayon, ito ay nangyari na, na matapos marinig ni Limhi ang mga salita ni Ammon, labis siyang nagalak, at sinabi: Ngayon, nalalaman ko nang may katiyakan na ang aking mga kapatid na nasa lupain ng Zarahemla ay buhay pa. At ngayon, ako ay magsasaya; at bukas ay papapangyarihin ko na ang aking mga tao ay magsaya rin.
- 15 Sapagkat masdan, kami ay nasa pagkaalipin sa mga Lamanita, at nabubuwisan ng buwis na napakabigat dalhin. At ngayon, masdan, palalayain tayo ng ating mga kapatid mula sa ating pagkaalipin, o mula sa mga kamay ng mga Lamanita, at magiging mga alipin nila tayo; sapagkat higit na mabuting maging mga alipin tayo ng mga Nephita kaysa magbayad ng buwis sa hari ng mga Lamanita.

And he said unto them: Behold, I am Limhi, the son of Noah, who was the son of Zeniff, who came up out of the land of Zarahemla to inherit this land, which was the land of their fathers, who was made a king by the voice of the people.

And now, I desire to know the cause whereby ye were so bold as to come near the walls of the city, when I, myself, was with my guards without the gate?

And now, for this cause have I suffered that ye should be preserved, that I might inquire of you, or else I should have caused that my guards should have put you to death. Ye are permitted to speak.

And now, when Ammon saw that he was permitted to speak, he went forth and bowed himself before the king; and rising again he said: O king, I am very thankful before God this day that I am yet alive, and am permitted to speak; and I will endeavor to speak with boldness;

For I am assured that if ye had known me ye would not have suffered that I should have worn these bands. For I am Ammon, and am a descendant of Zarahemla, and have come up out of the land of Zarahemla to inquire concerning our brethren, whom Zeniff brought up out of that land.

And now, it came to pass that after Limhi had heard the words of Ammon, he was exceedingly glad, and said: Now, I know of a surety that my brethren who were in the land of Zarahemla are yet alive. And now, I will rejoice; and on the morrow I will cause that my people shall rejoice also.

For behold, we are in bondage to the Lamanites, and are taxed with a tax which is grievous to be borne. And now, behold, our brethren will deliver us out of our bondage, or out of the hands of the Lamanites, and we will be their slaves; for it is better that we be slaves to the Nephites than to pay tribute to the king of the Lamanites.

16 At ngayon, inutusan ni haring Limhi ang kanyang mga bantay na hindi na nila dapat igapos pa si Ammon ni ang kanyang mga kapatid, kundi pinapangyari na sila ay magtungo sa burol na nasa hilaga ng Silom, at dalhin ang kanilang mga kapatid sa lunsod, nang sa gayon sila ay makakain, at makainom, at maipahinga ang kanilang sarili mula sa hirap ng kanilang paglalakbay; sapagkat maraming bagay ang kanilang dinanas; nagdanas sila ng gutom, uhaw, at pagod.

17 At ngayon, ito ay nangyari na, na kinabukasan si haring Limhi ay nagpadala ng pahayag sa lahat ng kanyang mga tao, nang sa gayon sama-samang matipon nila ang sarili sa templo, upang pakinggan ang mga salitang kanyang sasabihin sa kanila.

18 At ito ay nangyari na, nang sama-samang matipon nila ang sarili ay nangusap siya sa kanila sa ganitong pamamaraan, sinasabing: O kayo, aking mga tao, itaas ang inyong mga ulo at maaliw; sapagkat masdan, nalalapit na ang panahon, o hindi na nalalayo, na hindi na tayo masasakop pa ng ating mga kaaway, sa kabila ng marami nating pakikibaka, na nauwi sa wala; ngunit nananalig ako na mayroon pang nananatiling isang mabisang pakikibaka na magagawa.

19 Kaya nga, itaas ang inyong mga ulo, at magsaya, at ibigay ang inyong tiwala sa Diyos, sa yaong Diyos na Diyos ni Abraham, at ni Isaac, at ni Jacob; at gayon din, yaong Diyos na naglabas sa mga anak ni Israel sa lupain ng Egipto, at pinapangyari na sila ay makalakad sa Dagat na Pula sa ibabaw ng tuyong lupa, at pinakain sila ng manna upang hindi sila mangasawi sa ilang; at marami pang bagay ang kanyang ginawa para sa kanila.

20 At muli, ang yaon ding Diyos ang naglabas sa ating mga ama sa lupain ng Jerusalem, at nag-aruga at nangalaga sa kanyang mga tao maging hanggang sa ngayon; at masdan, dahil sa ating kasamaan at mga karumal-dumal na gawain kaya tayo ay dinala niya sa pagkaalipin.

And now, king Limhi commanded his guards that they should no more bind Ammon nor his brethren, but caused that they should go to the hill which was north of Shilom, and bring their brethren into the city, that thereby they might eat, and drink, and rest themselves from the labors of their journey; for they had suffered many things; they had suffered hunger, thirst, and fatigue.

And now, it came to pass on the morrow that king Limhi sent a proclamation among all his people, that thereby they might gather themselves together to the temple, to hear the words which he should speak unto them.

And it came to pass that when they had gathered themselves together that he spake unto them in this wise, saying: O ye, my people, lift up your heads and be comforted; for behold, the time is at hand, or is not far distant, when we shall no longer be in subjection to our enemies, notwithstanding our many strugglings, which have been in vain; yet I trust there remaineth an effectual struggle to be made.

Therefore, lift up your heads, and rejoice, and put your trust in God, in that God who was the God of Abraham, and Isaac, and Jacob; and also, that God who brought the children of Israel out of the land of Egypt, and caused that they should walk through the Red Sea on dry ground, and fed them with manna that they might not perish in the wilderness; and many more things did he do for them.

And again, that same God has brought our fathers out of the land of Jerusalem, and has kept and preserved his people even until now; and behold, it is because of our iniquities and abominations that he has brought us into bondage.

21 At lahat kayo ay mga saksi sa araw na ito, na si Zenif, na ginawang hari ng mga taong ito, siya na naging labis na pabigla-bigla upang manahin ang lupain ng kanyang mga ama, samakatwid, dahil sa nalinlang ng katusuhan at pandaraya ni haring Laman, na nakipagkasundo kay haring Zenif, at matapos isuko sa kanyang mga kamay ang pag-aari ng isang bahagi ng lupain, o maging ang lunsod ng Lehi-Nephi, at ang lunsod ng Silom; at ang lupain sa paligid—

22 At ang lahat ng ito ay kanyang ginawa, dahil sa natatanging layuning dalhin ang mga taong ito sa pagkalupig o pagkaalipin. At masdan, tayo sa panahong ito ay nagbabayad ng buwis sa hari ng mga Lamanita, hanggang sa kalahati ng ating mga mais, at ng ating cebada, at maging bawat uri ng lahat ng ating mga butil, at kalahati ng tubo ng ating mga kawan at bakahan; at maging kalahati ng lahat ng mayroon tayo o inaari ay sinisingil sa atin ng hari ng mga Lamanita, o ang ating mga buhay.

23 At ngayon, hindi ba ito mabigat dalhin? At hindi ba itong ating pagdurusa ay labis? Ngayon masdan, anong laking dahilan upang tayo ay magdalamhati.

24 Oo, sinasabi ko sa inyo, napakalaki ng mga dahilan upang tayo ay magdalamhati; sapagkat masdan kayrami na sa ating mga kapatid ang napatay, at ang kanilang dugo ay dumanak nang walang kabuluhan, at lahat ay dahil sa kasamaan.

25 Sapagkat kung hindi sana nangahulog sa paglabag ang mga taong ito ay hindi sana pinahintulutan ng Panginoon na sumapit ang malaking kapahamakang ito sa kanila. Subalit masdan, ayaw nilang makinig sa kanyang mga salita; kundi nagkaroon ng mga alitan sa kanila, maging hanggang sa dumanak ang dugo sa kanila.

26 At isang propeta ng Panginoon ang kanilang pinatay; oo, isang piniling tao ng Diyos, na nagsabi sa kanila ng kanilang mga kasamaan at karumaldumal na gawain, at nagpropesiya ng maraming bagay na mangyayari, oo, maging ang pagparito ni Cristo.

And ye all are witnesses this day, that Zeniff, who was made king over this people, he being overzealous to inherit the land of his fathers, therefore being deceived by the cunning and craftiness of king Laman, who having entered into a treaty with king Zeniff, and having yielded up into his hands the possessions of a part of the land, or even the city of Lehi-Nephi, and the city of Shilom; and the land round about—

And all this he did, for the sole purpose of bringing this people into subjection or into bondage. And behold, we at this time do pay tribute to the king of the Lamanites, to the amount of one half of our corn, and our barley, and even all our grain of every kind, and one half of the increase of our flocks and our herds; and even one half of all we have or possess the king of the Lamanites doth exact of us, or our lives.

And now, is not this grievous to be borne? And is not this, our affliction, great? Now behold, how great reason we have to mourn.

Yea, I say unto you, great are the reasons which we have to mourn; for behold how many of our brethren have been slain, and their blood has been spilt in vain, and all because of iniquity.

For if this people had not fallen into transgression the Lord would not have suffered that this great evil should come upon them. But behold, they would not hearken unto his words; but there arose contentions among them, even so much that they did shed blood among themselves.

And a prophet of the Lord have they slain; yea, a chosen man of God, who told them of their wickedness and abominations, and prophesied of many things which are to come, yea, even the coming of Christ.



- 27 At dahil sa sinabi niya sa kanila na si Cristo ang Diyos, ang Ama ng lahat ng bagay, at sinabing mag-aanyong tao siya, at ito ang anyo kung saan inanyo ang tao sa simula; o sa ibang mga salita, sinabi niyang nilikha ang tao na kawangis ng Diyos, at na ang Diyos ay bababa sa mga anak ng tao, at magkakaroon siya ng laman at dugo, at hahayo sa balat ng lupa—
- 28 At ngayon, dahil sa sinabi niya ito, kanilang pinatay siya; at marami pang bagay ang kanilang ginawa na nagdala ng kapootan ng Diyos sa kanila. Kaya nga, sino ang magtataka na sila ay nasa pagkaalipin, at sila nga ay binagabag ng matitinding paghihirap?
- 29 Sapagkat masdan, sinabi ng Panginoon: Hindi ko tutulungan ang aking mga tao sa araw ng kanilang pagkakasala; kundi hahadlangan ko ang kanilang mga landas nang hindi sila umunlad; at ang kanilang mga gawa ay magiging isang batong katitisan nila.
- 30 At muli, sinabi niya: Kung magpupunla ng karumihan ang aking mga tao, aanihin nila ang ipa niyon sa buhawi; at ang kahihinatnan nito ay lason.
- 31 At muli sinabi niya: Kung magpupunla ng karumihan ang aking mga tao, aanihin nila ang hanging silangan, na nagdadala ng dagliang pagkalipol.
- 32 At ngayon, masdan, ang pangako ng Panginoon ay natupad, at kayo ay pinarurusahan at naghihirap.
- 33 Subalit kung kayo ay babaling sa Panginoon nang may buong layunin ng puso, at ibibigay ang tiwala ninyo sa kanya, at paglilingkuran siya nang buong pagsusumigasig ng pag-iisip, kung gagawin ninyo ito, siya, alinsunod sa kanyang sariling kalooban at kagalakan, ay palalayain kayo mula sa pagkaalipin.

And because he said unto them that Christ was the God, the Father of all things, and said that he should take upon him the image of man, and it should be the image after which man was created in the beginning; or in other words, he said that man was created after the image of God, and that God should come down among the children of men, and take upon him flesh and blood, and go forth upon the face of the earth—

And now, because he said this, they did put him to death; and many more things did they do which brought down the wrath of God upon them. Therefore, who wondereth that they are in bondage, and that they are smitten with sore afflictions?

For behold, the Lord hath said: I will not succor my people in the day of their transgression; but I will hedge up their ways that they prosper not; and their doings shall be as a stumbling block before them.

And again, he saith: If my people shall sow filthiness they shall reap the chaff thereof in the whirlwind; and the effect thereof is poison.

And again he saith: If my people shall sow filthiness they shall reap the east wind, which bringeth immediate destruction.

And now, behold, the promise of the Lord is fulfilled, and ye are smitten and afflicted.

But if ye will turn to the Lord with full purpose of heart, and put your trust in him, and serve him with all diligence of mind, if ye do this, he will, according to his own will and pleasure, deliver you out of bondage.

## Mosiah 8

- 1 At ito ay nangyari na, na matapos mangusap si haring Limhi sa kanyang mga tao, sapagkat marami siyang sinabi sa kanila at kaunti lamang sa mga yaon ang aking naisulat sa aklat na ito, sinabi niya sa kanyang mga tao ang lahat ng bagay hinggil sa kanilang mga kapatid na nasa lupain ng Zarahemla.
- 2 At pinapangyari niya na si Ammon ay tumayo sa harapan ng maraming tao, at ilahad sa kanila ang lahat ng nangyari sa kanilang mga kapatid mula sa panahong si Zenif ay umahon mula sa lupain maging hanggang sa panahong siya rin ay dumating sa lupain.
- 3 At inilahad din niya sa kanila ang mga huling salitang itinuro ni haring Benjamin sa kanila, at ipinaliwanag ang mga ito sa mga tao ni haring Limhi, nang sa gayon maunawaan nila ang lahat ng salitang kanyang sinabi.
- 4 At ito ay nangyari na, nang matapos niyang gawin ang lahat ng ito, na pinauwi ni haring Limhi ang maraming tao, at pinapangyari na ang bawat isa sa kanila ay magsibalik na sa kani-kanilang tahanan.
- 5 At ito ay nangyari na, na pinapangyari niya na ang mga laminang naglalaman ng mga talaan ng kanyang mga tao mula noong panahong umalis sila sa lupain ng Zarahemla ay dalhin sa harapan ni Ammon, upang kanyang mabasa ang mga ito.
- 6 Ngayon, pagkatapos na pagkatapos mabasa ni Ammon ang mga talaan, ang hari ay nagtanong sa kanya upang malaman kung siya ay makapagpapaliwanag ng mga wika, at sinabi ni Ammon sa kanya na hindi siya marunong.
- 7 At sinabi ng hari sa kanya: Dahil sa pagdadalamhating sanhi ng paghihirap ng aking mga tao, pinapangyari ko na apatnapu at tatlo ng aking mga tao ang maglakbay sa ilang, nang sa gayon ay baka sakaling matagpuan nila ang lupain ng Zarahemla, upang makapagsumamo kami sa aming mga kapatid na palayain kami mula sa pagkaalipin.

## Mosiah 8

And it came to pass that after king Limhi had made an end of speaking to his people, for he spake many things unto them and only a few of them have I written in this book, he told his people all the things concerning their brethren who were in the land of Zarahemla.

And he caused that Ammon should stand up before the multitude, and rehearse unto them all that had happened unto their brethren from the time that Zeniff went up out of the land even until the time that he himself came up out of the land.

And he also rehearsed unto them the last words which king Benjamin had taught them, and explained them to the people of king Limhi, so that they might understand all the words which he spake.

And it came to pass that after he had done all this, that king Limhi dismissed the multitude, and caused that they should return every one unto his own house.

And it came to pass that he caused that the plates which contained the record of his people from the time that they left the land of Zarahemla, should be brought before Ammon, that he might read them.

Now, as soon as Ammon had read the record, the king inquired of him to know if he could interpret languages, and Ammon told him that he could not.

And the king said unto him: Being grieved for the afflictions of my people, I caused that forty and three of my people should take a journey into the wilderness, that thereby they might find the land of Zarahemla, that we might appeal unto our brethren to deliver us out of bondage.

8 At naligaw sila sa ilang sa loob ng maraming araw, ngunit nagsumigasig sila, at hindi natagpuan ang lupain ng Zarahemla kundi bumalik sa lupaing ito, matapos maglakbay sa isang lupain sa gitna ng maraming tubig, matapos matagpuan ang isang lupaing natatabunan ng mga buto ng tao, at ng mga hayop, at natatabunan din ng mga guho ng bawat uri ng gusali, matapos matagpuan ang isang lupaing tinirahan ng mga taong kasindami ng mga hukbo ng Israel.

9 At bilang patunay na totoo ang kanilang sinabi sila ay nagdala ng dalawampu't apat na lamina na puno ng mga ukit, at gawa ang mga ito sa lantay na ginto.

10 At masdan din, nagdala sila ng mga baluti sa dibdib, na malalaki, at gawa ang mga ito sa tanso at tumbaga, at mga walang sira.

11 At muli, nagdala sila ng mga espada, ang mga puluhan niyon ay sira na, at ang mga talim niyon ay kinain na ng kalawang; at walang sinuman sa lupain ang makapagpaliwanag ng wika o ng mga ukit na nasa mga lamina. Kung kaya't sinabi ko sa iyo: Marunong ka bang magsalin?

12 At sinasabi ko sa iyong muli: May kilala ka bang marunong magsalin? Sapagkat nais kong maisalin sa aming wika ang mga talaang ito; sapagkat, baka sakali, ang mga ito ay makapagbigay sa amin ng kaalaman ng labi ng mga taong nalipol, kung saan ang mga talaang ito ay nanggaling; o, baka sakali, ang mga ito ay makapagbigay sa amin ng kaalaman ng tungkol na rin sa mga taong ito na nalipol; at nais kong malaman ang sanhi ng kanilang pagkalipol.

13 Ngayon sinabi ni Ammon sa kanya: Ako ay tiyak na makapagsasabi sa inyo, O hari, ng isang lalaking makapagsasalin ng mga talaan; sapagkat may kakayahan siya na tumingin, at magsalin ng lahat ng talaang sinauna; at kaloob ito mula sa Diyos. At ang mga bagay na ito ay tinatawag na mga pansalin, at walang sinumang makatitingin dito maliban kung inutusan siya, at baka tingnan niya ang yaong hindi nararapat at masawi siya. At kung sinuman ang inutusang tumingin dito, siya rin ang tinatawag na tagakita.

And they were lost in the wilderness for the space of many days, yet they were diligent, and found not the land of Zarahemla but returned to this land, having traveled in a land among many waters, having discovered a land which was covered with bones of men, and of beasts, and was also covered with ruins of buildings of every kind, having discovered a land which had been peopled with a people who were as numerous as the hosts of Israel.

And for a testimony that the things that they had said are true they have brought twenty-four plates which are filled with engravings, and they are of pure gold.

And behold, also, they have brought breastplates, which are large, and they are of brass and of copper, and are perfectly sound.

And again, they have brought swords, the hilts thereof have perished, and the blades thereof were cankered with rust; and there is no one in the land that is able to interpret the language or the engravings that are on the plates. Therefore I said unto thee: Canst thou translate?

And I say unto thee again: Knowest thou of any one that can translate? For I am desirous that these records should be translated into our language; for, perhaps, they will give us a knowledge of a remnant of the people who have been destroyed, from whence these records came; or, perhaps, they will give us a knowledge of this very people who have been destroyed; and I am desirous to know the cause of their destruction.

Now Ammon said unto him: I can assuredly tell thee, O king, of a man that can translate the records; for he has wherewith that he can look, and translate all records that are of ancient date; and it is a gift from God. And the things are called interpreters, and no man can look in them except he be commanded, lest he should look for that he ought not and he should perish. And whosoever is commanded to look in them, the same is called seer.

14 At masdan, ang hari ng mga tao na nasa lupain ng Zarahemla ang taong inutusan upang gawin ang mga bagay na ito, at siyang may taglay nitong mataas na kaloob mula sa Diyos.

15 At sinabi ng hari na ang tagakita ay higit pa kaysa propeta.

16 At sinabi ni Ammon na ang tagakita ay tagapaghayag at propeta rin; at ang kaloob na nakahihigit ay hindi maaaring makamtan ng sinuman, maliban kung taglay niya ang kapangyarihan ng Diyos, na walang sinuman ang maaaring magtaglay; bagaman maaaring magtaglay ang isang tao ng dakilang kapangyarihan na ibinigay sa kanya mula sa Diyos.

17 Subalit maaaring malaman ng tagakita ang mga bagay na nakalipas na, at gayon din ang mga bagay na mangyayari pa lamang, at sa pamamagitan nila ay ipahahayag ang lahat ng bagay, o, sa lalong maliwanag, ang mga lihim na bagay ay maipaaalam, at ang mga nakatagong bagay ay malalagay sa liwanag, at ang mga bagay na hindi pa nalalaman ay ipaaalam nila, at ang mga bagay rin na hindi sana malalaman ay maipaaalam nila.

18 Sa gayon ang Diyos ay nagbigay ng paraan upang ang tao, sa pamamagitan ng pananampalataya, ay makagawa ng mga makapangyarihang himala; anupa't siya ay naging malaking kapakinabangan sa kanyang kapwa.

19 At ngayon, nang matapos si Ammon sa pangungusap ng mga salitang ito ay labis na nagsaya ang hari, at nagbigay-pasasalamat sa Diyos, sinasabing: Walang alinlangan na isang malaking hiwaga ang nilalaman ng mga laminang ito, at ang mga pansaling ito ay walang alinlangang inihanda para sa layunin ng paglalahad ng mga hiwagang ganito sa mga anak ng tao.

20 O kagila-gilalas ang mga gawa ng Panginoon, at gaano katagal niyang titiisin ang kanyang mga tao; oo, at napakabulag at di maarok ang mga pang-unawa ng mga anak ng tao; sapagkat ayaw nilang maghangad ng karunungan, ni hindi nila nais na mamuno siya sa kanila!

21 Oo, para silang mga ligaw na kawan na nagsisitakas mula sa pastol, at nagsikalat, at nataboy, at mga sinila ng mga halimaw ng kagubatan.

And behold, the king of the people who are in the land of Zarahemla is the man that is commanded to do these things, and who has this high gift from God.

And the king said that a seer is greater than a prophet.

And Ammon said that a seer is a revelator and a prophet also; and a gift which is greater can no man have, except he should possess the power of God, which no man can; yet a man may have great power given him from God.

But a seer can know of things which are past, and also of things which are to come, and by them shall all things be revealed, or, rather, shall secret things be made manifest, and hidden things shall come to light, and things which are not known shall be made known by them, and also things shall be made known by them which otherwise could not be known.

Thus God has provided a means that man, through faith, might work mighty miracles; therefore he becometh a great benefit to his fellow beings.

And now, when Ammon had made an end of speaking these words the king rejoiced exceedingly, and gave thanks to God, saying: Doubtless a great mystery is contained within these plates, and these interpreters were doubtless prepared for the purpose of unfolding all such mysteries to the children of men.

O how marvelous are the works of the Lord, and how long doth he suffer with his people; yea, and how blind and impenetrable are the understandings of the children of men; for they will not seek wisdom, neither do they desire that she should rule over them!

Yea, they are as a wild flock which fleeth from the shepherd, and scattereth, and are driven, and are devoured by the beasts of the forest.

*ANG TALAAN NI ZENIF—Isang ulat ng kanyang mga tao, mula sa panabong umalis sila sa lupain ng Zarahemla hanggang sa panabong naligtas sila mula sa mga kamay ng mga Lamanita.*

## Mosiah 9

- 1 Ako, si Zenif, na naturuan sa lahat ng wika ng mga Nephita, at nagkaroon ng kaalaman tungkol sa lupain ng Nephi, o ng lupain ng unang pamana ng aming mga ama, at naisugo bilang isang tiktik sa mga Lamanita upang matiktikan ko ang kanilang lakas, upang masalakay sila ng aming mga hukbo at lipulin sila—subalit nang makita kong may mabait sa kanila ay hinangad kong hindi na sila lipulin.
- 2 Kung kaya't nakipagtalo ako sa aking mga kapatid sa ilang, sapagkat ninais kong makipagkasundo sa kanila ang aming pinuno; subalit dahil sa siya ay isang mabagsik at taong uhaw sa dugo, iniutos niyang patayin ako; subalit naligtas ako dahil sa labis na pagpapadanak ng dugo; sapagkat ang ama ay lumaban sa ama, at kapatid laban sa kapatid, hanggang sa nalipol ang malaking bahagi ng aming hukbo sa ilang; at bumalik kami, yaong mga natira sa amin, sa lupain ng Zarahemla, upang isalaysay ang pangyayaring yaon sa kanilang mga asawa't anak.
- 3 At gayon pa man, ako na labis na nagpabigla-bigla na mamana ang lupain ng aming mga ama, ay nagtipon ng kasindami ng nagnanais na umahon upang angkinin ang lupain, at nagsimulang muling maglakbay sa ilang paahon sa lupain; subalit binagabag kami ng pagkagutom at mga labis na paghihirap; sapagkat naging mabagal kami sa pag-alaala sa Panginoon naming Diyos.
- 4 Gayon pa man, matapos ang maraming araw na paglalakbay sa ilang, itinayo namin ang aming mga tolda sa lugar kung saan napatay ang aming mga kapatid, na malapit sa lupain ng aming mga ama.
- 5 At ito ay nangyari na, na ako ay nagtungong muli kasama ang apat sa aking mga tauhan sa lunsod, patungo sa hari, upang malaman ko ang kalooban ng hari, at upang malaman ko kung maaari akong pumasok kasama ang aking mga tao at angkinin ang lupain nang mapayapa.

*THE RECORD OF ZENIFF—An account of his people, from the time they left the land of Zarahemla until the time that they were delivered out of the hands of the Lamanites.*

## Mosiah 9

I, Zeniff, having been taught in all the language of the Nephites, and having had a knowledge of the land of Nephi, or of the land of our fathers' first inheritance, and having been sent as a spy among the Lamanites that I might spy out their forces, that our army might come upon them and destroy them—but when I saw that which was good among them I was desirous that they should not be destroyed.

Therefore, I contended with my brethren in the wilderness, for I would that our ruler should make a treaty with them; but he being an austere and a blood-thirsty man commanded that I should be slain; but I was rescued by the shedding of much blood; for father fought against father, and brother against brother, until the greater number of our army was destroyed in the wilderness; and we returned, those of us that were spared, to the land of Zarahemla, to relate that tale to their wives and their children.

And yet, I being over-zealous to inherit the land of our fathers, collected as many as were desirous to go up to possess the land, and started again on our journey into the wilderness to go up to the land; but we were smitten with famine and sore afflictions; for we were slow to remember the Lord our God.

Nevertheless, after many days' wandering in the wilderness we pitched our tents in the place where our brethren were slain, which was near to the land of our fathers.

And it came to pass that I went again with four of my men into the city, in unto the king, that I might know of the disposition of the king, and that I might know if I might go in with my people and possess the land in peace.

- 6 At ako ay humarap sa hari, at siya ay nakipagtipan sa akin na maaari kong angkinin ang lupain ng Lehi-Nephi, at ang lupain ng Silom.
- 7 At iniutos din niyang umalis sa lupain ang kanyang mga tao, at ako at ang aking mga tao ay pumasok sa lupain upang angkinin ito.
- 8 At kami ay nagsimulang magtayo ng mga gusali, at ayusin ang mga muog ng lunsod, oo, maging ang mga muog ng lunsod ng Lehi-Nephi, at ng lunsod ng Silom.
- 9 At kami ay nagsimulang magbungkal ng lupa, oo, maging lahat ng uri ng butil, mga butil ng mais, at ng trigo, at ng cebada, at ng neas, at ng seum, at ng mga binhi ng lahat ng uri ng bungang-kahoy; at kami ay nagsimulang dumami at umunlad sa lupain.
- 10 Ngayon, ito ang katusuhan at pandaraya ni haring Laman, ang dalhin ang aking mga tao sa pagkaalipin, kung kaya't isinuko niya ang lupain upang maangkin namin ito.
- 11 Sa gayon ito ay nangyari na, na matapos kaming manirahan sa lupain sa loob ng labindalawang taon ay nagsimulang mabalisa si haring Laman, at baka sa anumang pamamaraan ang aking mga tao ay maging malakas sa lupain, at hindi nila madaig sila at madala sila sa pagkaalipin.
- 12 Ngayon, sila ay mga tamad at mga taong sumasamba sa mga diyus-diyusan; kaya nga ninais nila na kami ay dalhin sa pagkaalipin, upang magpakabundat sila sa mga gawa ng aming mga kamay; oo, upang magpakabusog sila sa mga kawan ng aming mga pastulan.
- 13 Samakatwid ito ay nangyari na, na si haring Laman ay nagsimulang galitin ang kanyang mga tao upang sila ay makipaglaban sa aking mga tao; kaya nga, nagsimulang magkaroon ng mga digmaan at kaguluhan sa lupain.
- 14 Sapagkat, sa ikalabingtatlong taon ng aking paghahari sa lupain ng Nephi, sa dakong katimugan ng lupain ng Silom, nang pinainom at pinakakain ng aking mga tao ang kanilang mga kawan, at binubungkal ang kanilang mga lupa, isang napakalaking hukbo ng mga Lamanita ang sumalakay at nagsimulang patayin sila, at kinuha ang kanilang mga kawan, at mga mais ng kanilang bukirin.

And I went in unto the king, and he covenanted with me that I might possess the land of Lehi-Nephi, and the land of Shilom.

And he also commanded that his people should depart out of the land, and I and my people went into the land that we might possess it.

And we began to build buildings, and to repair the walls of the city, yea, even the walls of the city of Lehi-Nephi, and the city of Shilom.

And we began to till the ground, yea, even with all manner of seeds, with seeds of corn, and of wheat, and of barley, and with neas, and with sheum, and with seeds of all manner of fruits; and we did begin to multiply and prosper in the land.

Now it was the cunning and the craftiness of king Laman, to bring my people into bondage, that he yielded up the land that we might possess it.

Therefore it came to pass, that after we had dwelt in the land for the space of twelve years that king Laman began to grow uneasy, lest by any means my people should wax strong in the land, and that they could not overpower them and bring them into bondage.

Now they were a lazy and an idolatrous people; therefore they were desirous to bring us into bondage, that they might glut themselves with the labors of our hands; yea, that they might feast themselves upon the flocks of our fields.

Therefore it came to pass that king Laman began to stir up his people that they should contend with my people; therefore there began to be wars and contentions in the land.

For, in the thirteenth year of my reign in the land of Nephi, away on the south of the land of Shilom, when my people were watering and feeding their flocks, and tilling their lands, a numerous host of Lamanites came upon them and began to slay them, and to take off their flocks, and the corn of their fields.

- 15 Oo, at ito ay nangyari na, na sila ay nagsitakas, ang lahat ng hindi naabutan, maging sa lunsod ng Nephi, at nanawagan sa akin para sa kaligtasan.
- 16 At ito ay nangyari na, na sinandatahan ko sila ng mga busog, at ng mga palaso, at ng mga espada, at ng mga simitar, at ng mga pamalo, at ng mga tirador, at ng lahat ng uri ng sandata na aming maaaring malikha, at ako, kasama ng aking mga tao ay humayo upang harapin ang mga Lamanita sa digmaan.
- 17 Oo, sa lakas ng Panginoon kami ay nakipagdigma sa mga Lamanita; sapagkat ako at ang aking mga tao ay taimtim na nagsumamo sa Panginoon na iligtas niya kami mula sa mga kamay ng aming mga kaaway, sapagkat kami ay nagising sa pag-alaala ng pagkakaligtas ng aming mga ama.
- 18 At dininig ng Diyos ang aming mga pagsusumamo at tinugon ang aming mga panalangin; at humayo kami sa kanyang kapangyarihan; oo, humayo kami laban sa mga Lamanita, at sa loob ng isang araw at isang gabi ay nakapatay kami ng tatlong libo at apatnapu't tatlo; pinagpapatay namin sila maging hanggang sa maitaboy namin sila palabas ng aming lupain.
- 19 At ako rin, sa pamamagitan ng aking sariling mga kamay, ay tumulong sa paglibing ng kanilang mga patay. At masdan, sa aming labis na kalungkutan at panaghoy, dalawang daan at pitumpu't siyam ng aming mga kapatid ang napatay.

Yea, and it came to pass that they fled, all that were not overtaken, even into the city of Nephi, and did call upon me for protection.

And it came to pass that I did arm them with bows, and with arrows, with swords, and with cimeters, and with clubs, and with slings, and with all manner of weapons which we could invent, and I and my people did go forth against the Lamanites to battle.

Yea, in the strength of the Lord did we go forth to battle against the Lamanites; for I and my people did cry mightily to the Lord that he would deliver us out of the hands of our enemies, for we were awakened to a remembrance of the deliverance of our fathers.

And God did hear our cries and did answer our prayers; and we did go forth in his might; yea, we did go forth against the Lamanites, and in one day and a night we did slay three thousand and forty-three; we did slay them even until we had driven them out of our land.

And I, myself, with mine own hands, did help to bury their dead. And behold, to our great sorrow and lamentation, two hundred and seventy-nine of our brethren were slain.

## Mosiah 10

- 1 At ito ay nangyari na, na muli naming sinimulang itatag ang kaharian at muli naming sinimulang angkinin ang lupain nang mapayapa. At pinapangyari kong gumawa ng lahat ng uri ng sandata ng digmaan, nang sa gayon ako ay magkaroon ng mga sandata para sa aking mga tao sa pagdating ng panahon na ang mga Lamanita ay sumalakay muli upang makidigma sa aking mga tao.
- 2 At ako ay naglagay ng mga bantay sa paligid ng lupain, upang ang mga Lamanita ay hindi na makasalakay sa aming muli nang di namamalayan at lipulin kami; at sa ganito ko binantayan ang aking mga tao at aking mga kawan, at iniadya sila mula sa pagkahulog sa mga kamay ng aming mga kaaway.
- 3 At ito ay nangyari na, na aming minana ang lupain ng aming mga ama sa loob ng maraming taon, oo, sa loob ng dalawampu at dalawang taon.
- 4 At pinapangyari kong bungkalin ang lupa ng kalalakihan, at magtanim ng lahat ng uri ng butil at lahat ng uri ng bawat bungang-kahoy.
- 5 At pinapangyari ko na ang kababaihan ay magkidkid, at magsikap, at gumawa, at maghabi ng lahat ng uri ng mainam na lino, oo, at lahat ng uri ng tela, upang madamitan namin ang aming kahubaran; at sa ganito kami umunlad sa lupain—at sa ganito kami nagkaroon ng patuloy na kapayapaan sa lupain sa loob ng dalawampu at dalawang taon.
- 6 At ito ay nangyari na, na si haring Laman ay namatay, at nagsimulang mamamahala ang kanyang anak bilang kahalili niya. At sinimulan niyang pukawin ang kanyang mga tao na maghimagsik laban sa aking mga tao; anupa't nagsimula silang maghanda upang makidigma, at sumalakay sa pakikidigma laban sa aking mga tao.
- 7 Subalit isinugo ko ang aking mga tiktik sa paligid ng lupain ng Semlon, upang matuklasan ko ang kanilang mga paghahanda, upang makapagbantay ako laban sa kanila, upang hindi sila makasalakay sa aking mga tao at lipulin sila.

## Mosiah 10

And it came to pass that we again began to establish the kingdom and we again began to possess the land in peace. And I caused that there should be weapons of war made of every kind, that thereby I might have weapons for my people against the time the Lamanites should come up again to war against my people.

And I set guards round about the land, that the Lamanites might not come upon us again unawares and destroy us; and thus I did guard my people and my flocks, and keep them from falling into the hands of our enemies.

And it came to pass that we did inherit the land of our fathers for many years, yea, for the space of twenty and two years.

And I did cause that the men should till the ground, and raise all manner of grain and all manner of fruit of every kind.

And I did cause that the women should spin, and toil, and work, and work all manner of fine linen, yea, and cloth of every kind, that we might clothe our nakedness; and thus we did prosper in the land—thus we did have continual peace in the land for the space of twenty and two years.

And it came to pass that king Laman died, and his son began to reign in his stead. And he began to stir his people up in rebellion against my people; therefore they began to prepare for war, and to come up to battle against my people.

But I had sent my spies out round about the land of Shemlon, that I might discover their preparations, that I might guard against them, that they might not come upon my people and destroy them.



8 At ito ay nangyari na, na sila ay sumalakay sa dakong hilaga ng lupain ng Silom, kasama ang kanilang napakalaking hukbo, mga kalalaking nasasandatahan ng mga busog, at ng mga palaso, at ng mga espada, at ng mga simitar, at ng mga bato, at ng mga tirador; at kanilang inahitan ang kanilang mga ulo kung kaya't sila ay kalbo; at sila ay nabibigkisan ng bigkis na balat sa kanilang mga balakang.

9 At ito ay nangyari na, na pinapangyari ko na ang mga kababaihan at mga anak ng aking mga tao ay magtago sa ilang; at pinapangyari ko rin na ang lahat ng matandang lalaki na kayang magdala ng sandata, at gayon din ang lahat ng aking mga kabataang lalaki na kayang magdala ng sandata ay sama-samang tipunin ang kanilang sarili upang makidigma laban sa mga Lamanita; at inayos ko sila sa kanilang mga hanay, bawat lalaki alinsunod sa kanyang gulang.

10 At ito ay nangyari na, na kami ay umahon upang makidigma laban sa mga Lamanita; at ako, maging ako, sa aking katandaan, ay umahon upang makidigma laban sa mga Lamanita. At ito ay nangyari na, na kami ay umahon sa lakas ng Panginoon upang makidigma.

11 Ngayon, ang mga Lamanita ay walang nalalaman hinggil sa Panginoon, ni sa lakas ng Panginoon, anupa't umaasa sila sa kanilang sariling lakas. Gayon man sila ay malalakas na tao, kung sa lakas din lamang ng mga tao.

12 Sila ay mababangis, at malulupit, at mga taong uhaw sa dugo, naniniwala sa mga kaugalian ng kanilang mga ama, na ito—Naniniwala na sila ay itinaboy palabas ng lupain ng Jerusalem dahil sa kasamaan ng kanilang mga ama, at na ginawan sila ng masama sa ilang ng kanilang mga kapatid, at ginawan din sila ng masama habang tumatawid sa dagat;

13 At muli, na ginawan sila ng masama habang nasa lupain ng kanilang unang pamana, matapos silang tumawid sa dagat, at lahat ng ito ay dahil sa higit na matapat si Nephi sa pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon—samakatwid pinagpala siya ng Panginoon, sapagkat dininig ng Panginoon ang kanyang mga panalangin at tinugon ang mga yaon, at siya ang namuno sa kanilang paglalakbay sa ilang.

And it came to pass that they came up upon the north of the land of Shilom, with their numerous hosts, men armed with bows, and with arrows, and with swords, and with cimeters, and with stones, and with slings; and they had their heads shaved that they were naked; and they were girded with a leathern girdle about their loins.

And it came to pass that I caused that the women and children of my people should be hid in the wilderness; and I also caused that all my old men that could bear arms, and also all my young men that were able to bear arms, should gather themselves together to go to battle against the Lamanites; and I did place them in their ranks, every man according to his age.

And it came to pass that we did go up to battle against the Lamanites; and I, even I, in my old age, did go up to battle against the Lamanites. And it came to pass that we did go up in the strength of the Lord to battle.

Now, the Lamanites knew nothing concerning the Lord, nor the strength of the Lord, therefore they depended upon their own strength. Yet they were a strong people, as to the strength of men.

They were a wild, and ferocious, and a blood-thirsty people, believing in the tradition of their fathers, which is this—Believing that they were driven out of the land of Jerusalem because of the iniquities of their fathers, and that they were wronged in the wilderness by their brethren, and they were also wronged while crossing the sea;

And again, that they were wronged while in the land of their first inheritance, after they had crossed the sea, and all this because that Nephi was more faithful in keeping the commandments of the Lord—therefore he was favored of the Lord, for the Lord heard his prayers and answered them, and he took the lead of their journey in the wilderness.

- 14 At napoot sa kanya ang kanyang mga kapatid dahil sa hindi nila naunawaan ang mga pakikitungo ng Panginoon; napoot din sila sa kanya sa ibabaw ng mga tubig dahil sa pinatigas nila ang kanilang mga puso laban sa Panginoon.
- 15 At muli, napoot sila sa kanya nang makarating na sila sa lupang pangako, dahil sa kanilang sinabi na kinuha niya ang pamumuno sa mga tao mula sa kanilang mga kamay; at hinangad nilang patayin siya.
- 16 At muli, napoot sila sa kanya dahil sa lumisan siya patungo sa ilang nang inutusan siya ng Panginoon, at dinala ang mga talaang nauukit sa mga laminang tanso, sapagkat kanilang sinasabi na pinagnakawan niya sila.
- 17 At sa ganito nila tinuruan ang kanilang mga anak na dapat nilang kapootan sila, at dapat nilang paslangin sila, at dapat nilang pagnakawan at dambungan sila, at gawin ang lahat ng kanilang magagawa upang lipulin sila; anupa't sila ay may walang hanggang pagkapoot sa mga anak ni Nephi.
- 18 Sa natatanging kadahilanang ito si haring Laman, sa pamamagitan ng kanyang katusuhan, at pagsisinungaling, at ng kanyang maiinam na pangako, ay nalinlang ako, na dinala ko ang aking mga tao sa lupaing ito, upang kanilang malipol sila; oo, at nagdusa kami nitong maraming taon sa lupain.
- 19 At ngayon ako, si Zeniff, matapos sabihin ang lahat ng bagay na ito sa aking mga tao hinggil sa mga Lamanita, pinasigla ko sila na humayo sa digmaan sa kanilang lakas, ibinibigay ang kanilang tiwala sa Panginoon; samakatwid, kami ay nakipaglaban sa kanila, nang harap-harapan.
- 20 At ito ay nangyari na, na muli naming naitaboy sila palabas ng aming lupain; at napatay namin sila nang malupit na pagkatay, maging napakarami kung kaya't hindi na namin sila mabilang.
- 21 At ito ay nangyari na, na muli kaming bumalik sa aming mga lupain, at ang aking mga tao ay muling nagsimulang mamastol ng kanilang mga kawan, at magbungkal ng kanilang lupa.

And his brethren were wroth with him because they understood not the dealings of the Lord; they were also wroth with him upon the waters because they hardened their hearts against the Lord.

And again, they were wroth with him when they had arrived in the promised land, because they said that he had taken the ruling of the people out of their hands; and they sought to kill him.

And again, they were wroth with him because he departed into the wilderness as the Lord had commanded him, and took the records which were engraven on the plates of brass, for they said that he robbed them.

And thus they have taught their children that they should hate them, and that they should murder them, and that they should rob and plunder them, and do all they could to destroy them; therefore they have an eternal hatred towards the children of Nephi.

For this very cause has king Laman, by his cunning, and lying craftiness, and his fair promises, deceived me, that I have brought this my people up into this land, that they may destroy them; yea, and we have suffered these many years in the land.

And now I, Zeniff, after having told all these things unto my people concerning the Lamanites, I did stimulate them to go to battle with their might, putting their trust in the Lord; therefore, we did contend with them, face to face.

And it came to pass that we did drive them again out of our land; and we slew them with a great slaughter, even so many that we did not number them.

And it came to pass that we returned again to our own land, and my people again began to tend their flocks, and to till their ground.

22      At ngayon ako, na matanda na, ay iginawad ang kaharian sa isa sa aking mga anak na lalaki; samakatwid, wala na akong sasabihin pa. At pagpalain nawa ng Panginoon ang aking mga tao. Amen.

And now I, being old, did confer the kingdom upon one of my sons; therefore, I say no more. And may the Lord bless my people. Amen.

## Mosiah 11

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, na iginawad ni Zeniff ang kaharian kay Noe, isa sa kanyang mga anak na lalaki; anupa't nagsimulang mamahala si Noe bilang kahalili niya; at hindi siya lumakad sa mga landas ng kanyang ama.
- 2 Sapagkat masdan, hindi niya sinunod ang mga kautusan ng Diyos, kundi lumakad siya alinsunod sa mga naisin ng kanyang puso. At marami siyang asawa at kalunya. At pinapangyari niya na ang kanyang mga tao ay magkasala, at gawin yaong karumal-dumal sa paningin ng Panginoon. Oo, at gumawa sila ng mga pagpapatutot at lahat ng uri ng kasamaan.
- 3 At nagpataw siya ng buwis na ikalimang bahagi ng lahat ng kanilang pag-aari, ikalimang bahagi ng kanilang ginto at ng kanilang pilak, at ikalimang bahagi ng kanilang zif, at ng kanilang tumbaga, at ng kanilang tanso at kanilang bakal; at ikalimang bahagi ng kanilang mga patabain; at ikalimang bahagi rin ng lahat ng kanilang butil.
- 4 At ang lahat ng ito ay kinamkam niya upang maitustos sa kanyang sarili, at sa kanyang mga asawa at sa kanyang mga kalunya; at sa kanya ring mga saserdote, at sa kanilang mga asawa at sa kanilang mga kalunya; at sa gayon niya pinalitan ang mga pamamalakad ng kaharian.
- 5 Sapagkat inalis niya ang lahat ng saserdoteng itinalaga ng kanyang ama, at nagtalaga ng mga bago na kanilang kahalili, mga yaong iniangat sa kapalaluan ng kanilang mga puso.
- 6 Oo, at sa gayon sila tinutustusan sa kanilang katamaran, at sa kanilang pagsamba sa mga diyus-diyusan, at sa kanilang mga pagpapatutot, sa pamamagitan ng mga buwis na ipinataw ni haring Noe sa kanyang mga tao; sa gayon ang mga tao ay nagpagal upang matustusan ang kasamaan.
- 7 Oo, at sumamba rin sila sa mga diyus-diyusan, dahil sa nalinlang sila ng mga walang kabuluhan at mapanghibok na salita ng hari at mga saserdote; sapagkat nangusap sila ng mga mapanghibok na salita sa kanila.

## Mosiah 11

And now it came to pass that Zeniff conferred the kingdom upon Noah, one of his sons; therefore Noah began to reign in his stead; and he did not walk in the ways of his father.

For behold, he did not keep the commandments of God, but he did walk after the desires of his own heart. And he had many wives and concubines. And he did cause his people to commit sin, and do that which was abominable in the sight of the Lord. Yea, and they did commit whoredoms and all manner of wickedness.

And he laid a tax of one fifth part of all they possessed, a fifth part of their gold and of their silver, and a fifth part of their ziff, and of their copper, and of their brass and their iron; and a fifth part of their fatlings; and also a fifth part of all their grain.

And all this did he take to support himself, and his wives and his concubines; and also his priests, and their wives and their concubines; thus he had changed the affairs of the kingdom.

For he put down all the priests that had been consecrated by his father, and consecrated new ones in their stead, such as were lifted up in the pride of their hearts.

Yea, and thus they were supported in their laziness, and in their idolatry, and in their whoredoms, by the taxes which king Noah had put upon his people; thus did the people labor exceedingly to support iniquity.

Yea, and they also became idolatrous, because they were deceived by the vain and flattering words of the king and priests; for they did speak flattering things unto them.

- 8 At ito ay nangyari na, na nagtayo si haring Noe ng maraming marangya at maluwang na gusali; at pinalamutian niya ang mga ito ng mahuhusay na yaring kahoy, at lahat ng uri ng mahahalagang bagay, ng ginto, at ng pilak, at ng bakal, at ng tanso, at ng zif, at ng tumbaga;
- 9 At nagpatayo rin siya para sa kanyang sarili ng isang maluwang na palasyo, at isang trono sa gitna niyon, ang lahat ng ito ay yari sa mahusay na kahoy at pinalamutian ng ginto at pilak at ng mahahalagang bagay.
- 10 At pinapangyari rin niya na ang kanyang mga manggagawa ay gumawa ng lahat ng uri ng mahuhusay na kayarian sa loob ng dingding ng templo, ng mahusay na kahoy, at ng tumbaga, at ng tanso.
- 11 At ang mga luklukang inilaan para sa kanyang matataas na saserdote, na mataas sa lahat ng ibang mga luklukan, ay kanyang pinalamutian ng lantay na ginto; at pinapangyari niyang magtayo ng isang dantayan, upang kanilang maipahinga ang kanilang mga katawan at kanilang mga bisig habang nangungusap sila ng mga kasinungalingan at walang kabuluhang salita sa kanyang mga tao.
- 12 At ito ay nangyari na, na nagtayo siya ng isang tore na malapit sa templo; oo, isang napakataas na tore, maging napakataas na makatatayo siya sa tuktok niyon at matatanaw ang lupain ng Silom, at gayon din ang lupain ng Semlon, na pag-aari ng mga Lamanita; at maaari rin niyang matanaw ang lahat ng lupain sa paligid.
- 13 At ito ay nangyari na, na pinapangyari niyang magtayo ng maraming gusali sa lupain ng Silom; at pinapangyari niya na magtayo ng mataas na tore sa burol na nasa hilaga ng lupain ng Silom, na naging kanlungan ng mga anak ni Nephi sa panahong tumakas sila sa lupain; at ganito ang kanyang ginawa sa mga kayamanang natamo niya sa pamamagitan ng pagbubuwis sa kanyang mga tao.
- 14 At ito ay nangyari na, na inilagak niya ang kanyang puso sa kanyang mga kayamanan, at ginugol niya ang kanyang panahon sa magulong pamumuhay kasama ng kanyang mga asawa at kanyang mga kalunya; at gayon din, ang kanyang mga saserdote ay iginugol ang kanilang panahon sa mga patutot.

And it came to pass that king Noah built many elegant and spacious buildings; and he ornamented them with fine work of wood, and of all manner of precious things, of gold, and of silver, and of iron, and of brass, and of ziff, and of copper;

And he also built him a spacious palace, and a throne in the midst thereof, all of which was of fine wood and was ornamented with gold and silver and with precious things.

And he also caused that his workmen should work all manner of fine work within the walls of the temple, of fine wood, and of copper, and of brass.

And the seats which were set apart for the high priests, which were above all the other seats, he did ornament with pure gold; and he caused a breast-work to be built before them, that they might rest their bodies and their arms upon while they should speak lying and vain words to his people.

And it came to pass that he built a tower near the temple; yea, a very high tower, even so high that he could stand upon the top thereof and overlook the land of Shilom, and also the land of Shemlon, which was possessed by the Lamanites; and he could even look over all the land round about.

And it came to pass that he caused many buildings to be built in the land Shilom; and he caused a great tower to be built on the hill north of the land Shilom, which had been a resort for the children of Nephi at the time they fled out of the land; and thus he did do with the riches which he obtained by the taxation of his people.

And it came to pass that he placed his heart upon his riches, and he spent his time in riotous living with his wives and his concubines; and so did also his priests spend their time with harlots.

- 15 At ito ay nangyari na, na nagtanim siya ng mga ubasan sa paligid ng lupain; at nagtayo siya ng mga pisaan ng ubas, at gumawa ng maraming alak; at samakatwid, naging manlalango siya, at gayon din ang kanyang mga tao.
- 16 At ito ay nangyari na, na ang mga Lamanita ay nagsimulang sumalakay sa kanyang mga tao, sa maliliit na bilang, at patayin sila sa kanilang mga bukirin, at habang ipinapastol nila ang kanilang mga kawan.
- 17 At nagpadala si haring Noe ng mga bantay sa paligid ng lupain upang hindi sila makapasok; subalit hindi sapat ang bilang ng kanyang ipinadala, at sinalakay sila ng mga Lamanita at pinatay sila, at itinaboy ang marami sa kanilang mga kawan papalabas ng lupain; sa ganito sila nagsimulang lipulin ng mga Lamanita, at ipalaspas ang kanilang pagkapoot sa kanila.
- 18 At ito ay nangyari na, na ipinadala ni haring Noe ang kanyang mga hukbo laban sa kanila, at naitaboy silang pabalik, o kanilang naitaboy sila pabalik nang pansamantala; kaya nga, bumalik silang nagsasaya sa kanilang nasamsam.
- 19 At ngayon, dahil sa malaking pagkapanalong ito, iniangat sila sa kapalaluan ng kanilang mga puso; nagmalaki sila sa sarili nilang lakas, sinasabi na ang kanilang limampu ay kayang labanan ang mga libu-libong Lamanita; at sa ganito sila nagmalaki, at nalugod sa dugo, at sa pagpapadanak ng dugo ng kanilang mga kapatid, at ito ay dahil sa kasamaan ng kanilang hari at mga saserdote.
- 20 At ito ay nangyari na, na may isang lalaki sa kanila na nagnangalang Abinadi; at humayo siya sa kanila, at nagsimulang magpropesiya, sinasabing: Masdan, ganito ang wika ng Panginoon, at sa ganito niya ako inutusan, sinasabing, Humayo, at sabihin sa mga taong ito, ganito ang wika ng Panginoon—sa aba sa mga taong ito, sapagkat nakita ko ang kanilang mga karumal-dumal na gawain, at ang kanilang kasamaan, at ang kanilang mga pagpapatutot; at maliban kung magsisisi sila ay parurusahan ko sila sa aking galit.

And it came to pass that he planted vineyards round about in the land; and he built wine-presses, and made wine in abundance; and therefore he became a wine-bibber, and also his people.

And it came to pass that the Lamanites began to come in upon his people, upon small numbers, and to slay them in their fields, and while they were tending their flocks.

And king Noah sent guards round about the land to keep them off; but he did not send a sufficient number, and the Lamanites came upon them and killed them, and drove many of their flocks out of the land; thus the Lamanites began to destroy them, and to exercise their hatred upon them.

And it came to pass that king Noah sent his armies against them, and they were driven back, or they drove them back for a time; therefore, they returned rejoicing in their spoil.

And now, because of this great victory they were lifted up in the pride of their hearts; they did boast in their own strength, saying that their fifty could stand against thousands of the Lamanites; and thus they did boast, and did delight in blood, and the shedding of the blood of their brethren, and this because of the wickedness of their king and priests.

And it came to pass that there was a man among them whose name was Abinadi; and he went forth among them, and began to prophesy, saying: Behold, thus saith the Lord, and thus hath he commanded me, saying, Go forth, and say unto this people, thus saith the Lord—Wo be unto this people, for I have seen their abominations, and their wickedness, and their whoredoms; and except they repent I will visit them in mine anger.

- 21 At maliban kung magsisisi sila at bumaling sa Panginoon nilang Diyos, masdan, ibibigay ko sila sa mga kamay ng kanilang mga kaaway; oo, at sila ay madadala sa pagkaalipin; at pahihirapan sila ng kamay ng kanilang mga kaaway.
- 22 At ito ay mangyayari na makikilala nila na ako ang Panginoon nilang Diyos, at isang selosong Diyos, na nagpaparusa sa mga kasamaan ng aking mga tao.
- 23 At ito ay mangyayari na maliban kung magsisisi ang mga taong ito at bumaling sa Panginoon nilang Diyos, sila ay madadala sa pagkaalipin; at walang makapagpapalaya sa kanila, maliban sa Panginoon, ang Pinakamakapangyarihang Diyos.
- 24 Oo, at ito ay mangyayari na kapag nagsumamo sila sa akin, magiging mabagal ako sa pagdinig ng kanilang mga pagsusumamo; oo, at pahihintulutan ko silang pahirapan ng kanilang mga kaaway.
- 25 At maliban kung magsisisi sila na suot ang magaspang na damit at sa alabok, at magsusumamo nang taimtim sa Panginoon nilang Diyos, ay hindi ko diringgin ang kanilang mga panalangin, ni hindi ko sila hahanguin sa kanilang mga paghihirap; at gayon ang wika ng Panginoon, at sa gayon niya ako inutusan.
- 26 Ngayon ito ay nangyari na, nang sabihin ni Abinadi ang mga salitang ito sa kanila, sila ay napoot sa kanya, at hinangad na kitlin ang kanyang buhay; subalit iniligtas siya ng Panginoon mula sa kanilang mga kamay.
- 27 Ngayon, nang marinig ni haring Noe ang mga salitang sinabi ni Abinadi sa mga tao, na napoot din siya; at sinabi niya: Sino si Abinadi, na ako at ang aking mga tao ay hahatulan niya, o sino ang Panginoon, na magpapataw ng malupit na pagpapahirap sa aking mga tao?
- 28 Inuutusan ko kayong dalhin dito si Abinadi, upang mapatay ko siya, sapagkat sinabi niya ang mga bagay na ito upang pukawin niya ang aking mga tao na magalit sa isa't isa, at lumikha ng mga alitan sa aking mga tao; kaya nga, siya ay papatayin ko.

And except they repent and turn to the Lord their God, behold, I will deliver them into the hands of their enemies; yea, and they shall be brought into bondage; and they shall be afflicted by the hand of their enemies.

And it shall come to pass that they shall know that I am the Lord their God, and am a jealous God, visiting the iniquities of my people.

And it shall come to pass that except this people repent and turn unto the Lord their God, they shall be brought into bondage; and none shall deliver them, except it be the Lord the Almighty God.

Yea, and it shall come to pass that when they shall cry unto me I will be slow to hear their cries; yea, and I will suffer them that they be smitten by their enemies.

And except they repent in sackcloth and ashes, and cry mightily to the Lord their God, I will not hear their prayers, neither will I deliver them out of their afflictions; and thus saith the Lord, and thus hath he commanded me.

Now it came to pass that when Abinadi had spoken these words unto them they were wroth with him, and sought to take away his life; but the Lord delivered him out of their hands.

Now when king Noah had heard of the words which Abinadi had spoken unto the people, he was also wroth; and he said: Who is Abinadi, that I and my people should be judged of him, or who is the Lord, that shall bring upon my people such great affliction?

I command you to bring Abinadi hither, that I may slay him, for he has said these things that he might stir up my people to anger one with another, and to raise contentions among my people; therefore I will slay him.

29      Ngayon, ang mga mata ng mga tao ay nabubulagan; samakatwid, pinatigas nila ang kanilang mga puso laban sa mga salita ni Abinadi, at pinagsikapan nila mula noon na dakpin siya. At pinatigas ni haring Noe ang kanyang puso laban sa salita ng Panginoon, at hindi siya nagsisi sa kanyang masasamang gawa.

Now the eyes of the people were blinded; therefore they hardened their hearts against the words of Abinadi, and they sought from that time forward to take him. And king Noah hardened his heart against the word of the Lord, and he did not repent of his evil doings.



## Mosiah 12

- 1 At ito ay nangyari na, na matapos ang dalawang taon na si Abinadi ay nagtungo sa kanila na nakabalatkayo, kung kaya't hindi nila siya nakilala, at nagsimulang magpropesiya sa kanila, sinasabing: Sa ganito ako inutusan ng Panginoon, sinasabing —Abinadi, humayo at magpropesiya sa aking mga tao, sapagkat pinatigas nila ang kanilang mga puso laban sa aking mga salita; sila ay hindi nagsisi sa kanilang masasamang gawa; samakatwid, parurusahan ko sila sa aking galit, oo, sa aking masidhing galit sila ay aking parurusahan sa kanilang mga kasamaan at karumal-dumal na gawain.
- 2 Oo, sa aba sa salinlahing ito! At sinabi sa akin ng Panginoon: Iunat mo ang iyong kamay at magpropesiya, sabihing: Ganito ang wika ng Panginoon, ito ay mangyayari na ang salinlahing ito, dahil sa kanilang mga kasamaan, ay madadala sa pagkaalipin, at masasampal sa pisngi; oo, at itataboy ng mga tao, at papatayin; at ang mga buwitre sa himpapawid, at ang mga aso, oo, at ang mababangis na hayop, ay sisilain ang kanilang laman.
- 3 At ito ay mangyayari na ang buhay ni haring Noe ay pahahalagahan ng tulad sa isang kasuotan sa loob ng mainit na hurno; sapagkat makikilala niya na ako ang Panginoon.
- 4 At ito ay mangyayari na parurusahan ko ang mga tao kong ito ng masidhing paghihirap, oo, ng taggutom at ng salot; at pananaghuyin ko sila sa buong maghapon.
- 5 Oo, at aking papapangyarihin na sila'y magkaroon ng mga pasanin sa kanilang mga likuran; at ipagtatabuyan silang tulad ng asnong hangal.
- 6 At ito ay mangyayari na magpapadala ako ng yelong ulan sa kanila, at pahihirapan sila nito; at babagabagin din sila ng hanging silangan; at guguluhin din ng mga kulisap ang kanilang lupain, at lalamunin ang kanilang butil.
- 7 At babagabagin sila ng malupit na salot—at gagawin ko ang lahat ng ito dahil sa kanilang mga kasamaan at karumal-dumal na gawain.

## Mosiah 12

And it came to pass that after the space of two years that Abinadi came among them in disguise, that they knew him not, and began to prophesy among them, saying: Thus has the Lord commanded me, saying —Abinadi, go and prophesy unto this my people, for they have hardened their hearts against my words; they have repented not of their evil doings; therefore, I will visit them in my anger, yea, in my fierce anger will I visit them in their iniquities and abominations.

Yea, wo be unto this generation! And the Lord said unto me: Stretch forth thy hand and prophesy, saying: Thus saith the Lord, it shall come to pass that this generation, because of their iniquities, shall be brought into bondage, and shall be smitten on the cheek; yea, and shall be driven by men, and shall be slain; and the vultures of the air, and the dogs, yea, and the wild beasts, shall devour their flesh.

And it shall come to pass that the life of king Noah shall be valued even as a garment in a hot furnace; for he shall know that I am the Lord.

And it shall come to pass that I will smite this my people with sore afflictions, yea, with famine and with pestilence; and I will cause that they shall howl all the day long.

Yea, and I will cause that they shall have burdens lashed upon their backs; and they shall be driven before like a dumb ass.

And it shall come to pass that I will send forth hail among them, and it shall smite them; and they shall also be smitten with the east wind; and insects shall pester their land also, and devour their grain.

And they shall be smitten with a great pestilence—and all this will I do because of their iniquities and abominations.

- 8 At ito ay mangyayari na maliban kung magsisisi sila, ay lubusan ko silang lilipulin mula sa balat ng lupa; subalit mag-iiwan sila ng talaan, at pangangalagaan ko ang mga ito para sa mga ibang bansang magmamay-ari sa lupain; oo, maging ito ay aking gagawin upang maipaalam ko ang mga karumal-dumal na gawain ng mga taong ito sa mga ibang bansa. At marami pang bagay ang iprinopesiya ni Abinadi laban sa mga taong ito.
- 9 At ito ay nangyari na, na nagalit sila sa kanya; at kanilang dinakip siya at dinala siyang nakagapos sa harapan ng hari, at sinabi sa hari: Masdan, nagdala kami ng tao sa inyong harapan na nagpropesiya ng kapahamakan hinggil sa inyong mga tao, at nagsabing lilipulin sila ng Diyos.
- 10 At nagpropesiya rin siya ng kapahamakan hinggil sa inyong buhay, at sinabi na ang inyong buhay ay matutulad sa isang kasuotan sa hurno ng apoy.
- 11 At muli, sinabi niyang matutulad kayo sa isang tangkay, maging tulad ng tuyong tangkay sa bukirin, na dinadaan ng mga hayop at yinayapakan sa ilalim ng paa.
- 12 At muli, sinabi niyang matutulad kayo sa mga bulaklak ng halamang matinik, na, kapag ganap na itong hinog, kung ihip ang hangin, ito ay matatangay sa ibabaw ng lupain. At nagkukunwari siya na ang Panginoon ang nagsabi nito. At sinabi niyang ang lahat ng ito ay sasapit sa inyo maliban kung magsisisi kayo, at ito ay dahil sa inyong mga kasamaan.
- 13 At ngayon, O hari, anong malaking kasamaan ang inyong nagawa, o anong malaking kasalanan ang nagawa ng inyong mga tao, na tayo ay susumpain ng Diyos o hahatulan ng taong ito?
- 14 At ngayon, O hari, masdan, wala tayong kasalanan, at kayo, O hari, ay hindi nagkasala; anupa't ang taong ito ay nagsinungaling hinggil sa inyo, at nagpropesiya siya ng walang kabuluhan.
- 15 At masdan, malalakas tayo, hindi tayo madadala sa pagkaalipin, o madadalang bihag ng ating mga kaaway; oo, at umunlad kayo sa lupain, at uunlad rin kayo.
- 16 Masdan, naririto ang lalaki, ibinibigay namin siya sa inyong mga kamay; maaari ninyong gawin sa kanya kung ano ang ipinalagay ninyong makabubuti.

And it shall come to pass that except they repent I will utterly destroy them from off the face of the earth; yet they shall leave a record behind them, and I will preserve them for other nations which shall possess the land; yea, even this will I do that I may discover the abominations of this people to other nations. And many things did Abinadi prophesy against this people.

And it came to pass that they were angry with him; and they took him and carried him bound before the king, and said unto the king: Behold, we have brought a man before thee who has prophesied evil concerning thy people, and saith that God will destroy them.

And he also prophesieth evil concerning thy life, and saith that thy life shall be as a garment in a furnace of fire.

And again, he saith that thou shalt be as a stalk, even as a dry stalk of the field, which is run over by the beasts and trodden under foot.

And again, he saith thou shalt be as the blossoms of a thistle, which, when it is fully ripe, if the wind bloweth, it is driven forth upon the face of the land. And he pretendeth the Lord hath spoken it. And he saith all this shall come upon thee except thou repent, and this because of thine iniquities.

And now, O king, what great evil hast thou done, or what great sins have thy people committed, that we should be condemned of God or judged of this man?

And now, O king, behold, we are guiltless, and thou, O king, hast not sinned; therefore, this man has lied concerning you, and he has prophesied in vain.

And behold, we are strong, we shall not come into bondage, or be taken captive by our enemies; yea, and thou hast prospered in the land, and thou shalt also prosper.

Behold, here is the man, we deliver him into thy hands; thou mayest do with him as seemeth thee good.

- 17 At ito ay nangyari na, na pinapangyari ni haring Noe na ipatapon si Abinadi sa bilangguan; at iniutos niya na ang mga saserdote ay sama-samang magtipon ng kanilang sarili upang makapagdaos sila ng isang pagpupulong kung ano ang kanyang nararapat gawin sa kanya.
- 18 At ito ay nangyari na, na sinabi nila sa hari: Dalhin siya rito upang makapagtanong kami sa kanya; at iniutos ng haring dalhin siya sa harapan nila.
- 19 At nagsimula silang tanungin siya, upang kanilang mapasinungalingan siya, nang sa gayon sila ay magkaroon ng ipararatang sa kanya; subalit kanyang tinugon sila nang buong tapang, at napangatwiran ang lahat ng kanilang katanungan, oo, sa kanilang panggigilalas; sapagkat kanyang napangatwiran sila sa lahat ng kanilang katanungan, at nilito sila sa lahat ng kanilang salita.
- 20 At ito ay nangyari na, na isa sa kanila ay nagsabi sa kanya: Ano ang kahulugan ng mga salitang nasusulat, at itinuro ng ating mga ama, sinasabing:
- 21 Anong ganda sa mga bundok ang mga paa ng yaong nagdadala ng mabubuting balita; na naghahayag ng kapayapaan; na nagdadala ng mabuting balita ng kabutihan; na naghahayag ng kaligtasan; na nagsasabi sa Sion, Ang iyong Diyos ay naghahari;
- 22 Ang inyong mga tagabantay ay magtataas ng tinig; sa pamamagitan ng magkakasamang tinig sila ay aawit, sapagkat kanilang makikita nang mata sa mata kung kailan ibabalik na muli ng Panginoon ang Sion;
- 23 Magpakagalak; magsiawit nang magkakasama, kayong mga nawasak na dako ng Jerusalem; sapagkat inaliw ng Panginoon ang kanyang mga tao, tinubos niya ang Jerusalem;
- 24 Ipinakita ng Panginoon ang kanyang banal na bisig sa paningin ng lahat ng bansa, at lahat ng dulo ng mundo ay makikita ang kaligtasan ng ating Diyos?
- 25 At ngayon sinabi ni Abinadi sa kanila: Mga saserdote ba kayo, at nagkukunwaring tinuturuan ang mga taong ito, at nakauunawa ng diwa ng pagpopropesiya, subalit nagnanais na malaman sa akin ang kahulugan ng mga bagay na ito?

And it came to pass that king Noah caused that Abinadi should be cast into prison; and he commanded that the priests should gather themselves together that he might hold a council with them what he should do with him.

And it came to pass that they said unto the king: Bring him hither that we may question him; and the king commanded that he should be brought before them.

And they began to question him, that they might cross him, that thereby they might have wherewith to accuse him; but he answered them boldly, and withstood all their questions, yea, to their astonishment; for he did withstand them in all their questions, and did confound them in all their words.

And it came to pass that one of them said unto him: What meaneth the words which are written, and which have been taught by our fathers, saying:

How beautiful upon the mountains are the feet of him that bringeth good tidings; that publisheth peace; that bringeth good tidings of good; that publisheth salvation; that saith unto Zion, Thy God reigneth;

Thy watchmen shall lift up the voice; with the voice together shall they sing; for they shall see eye to eye when the Lord shall bring again Zion;

Break forth into joy; sing together ye waste places of Jerusalem; for the Lord hath comforted his people, he hath redeemed Jerusalem;

The Lord hath made bare his holy arm in the eyes of all the nations, and all the ends of the earth shall see the salvation of our God?

And now Abinadi said unto them: Are you priests, and pretend to teach this people, and to understand the spirit of prophesying, and yet desire to know of me what these things mean?

26 Sinasabi ko sa inyo, sa aba ninyo sa pagliligaw ng mga landas ng Panginoon! Sapagkat kung nauunawaan ninyo ang mga bagay na ito ay hindi ninyo itinuro ang mga yaon; anupa't iniligaw ninyo ang mga landas ng Panginoon.

27 Hindi ninyo ginamit ang inyong mga puso sa pang-unawa; samakatwid, hindi kayo naging matalino. Kung gayon, ano ang itinuturo ninyo sa mga taong ito?

28 At sinabi nila: Itinuturo namin ang mga batas ni Moises.

29 At muli sinabi niya sa kanila: Kung itinuturo ninyo ang mga batas ni Moises ay bakit hindi ninyo sinusunod ang mga ito? Bakit ninyo inilagag ang inyong mga puso sa mga kayamanan? Bakit kayo gumagawa ng mga pagpapatutot at sinasayang ang inyong lakas sa mga patutot, oo, at pinapangyaring magkasala ang mga taong ito, nang magkaroon ang Panginoon ng dahilang isugo ako upang magpropesiya laban sa mga taong ito, oo, maging isang malaking kapahamakan laban sa mga taong ito?

30 Hindi ba ninyo nalalaman na nagsasabi ako ng totoo? Oo, alam ninyong nagsasabi ako ng totoo; at nararapat lamang na manginig kayo sa harapan ng Diyos.

31 At ito ay mangyayari na parurusahan kayo dahil sa inyong kasamaan, sapagkat sinabi ninyong itinuturo ninyo ang mga batas ni Moises. At ano ang nalalaman ninyo hinggil sa mga batas ni Moises? Na ang kaligtasan ba ay darating sa pamamagitan ng mga batas ni Moises? Ano ang masasabi ninyo?

32 At tumugon sila at sinabing darating nga ang kaligtasan sa pamamagitan ng mga batas ni Moises.

33 Subalit ngayon sinabi ni Abinadi sa kanila: Alam ko na kung susundin ninyo ang mga kautusan ng Diyos na kayo ay maliligtas; oo, kung susundin ninyo ang mga kautusang ibinigay ng Panginoon kay Moises sa bundok ng Sinai, sinasabing:

34 Ako ang Panginoon ninyong Diyos, na naglabas sa inyo sa lupain ng Egipto, mula sa bahay ng pagkaalipin.

35 Huwag kayong magkakaroon ng ibang Diyos maliban sa akin.

I say unto you, wo be unto you for perverting the ways of the Lord! For if ye understand these things ye have not taught them; therefore, ye have perverted the ways of the Lord.

Ye have not applied your hearts to understanding; therefore, ye have not been wise. Therefore, what teach ye this people?

And they said: We teach the law of Moses.

And again he said unto them: If ye teach the law of Moses why do ye not keep it? Why do ye set your hearts upon riches? Why do ye commit whoredoms and spend your strength with harlots, yea, and cause this people to commit sin, that the Lord has cause to send me to prophesy against this people, yea, even a great evil against this people?

Know ye not that I speak the truth? Yea, ye know that I speak the truth; and you ought to tremble before God.

And it shall come to pass that ye shall be smitten for your iniquities, for ye have said that ye teach the law of Moses. And what know ye concerning the law of Moses? Doth salvation come by the law of Moses? What say ye?

And they answered and said that salvation did come by the law of Moses.

But now Abinadi said unto them: I know if ye keep the commandments of God ye shall be saved; yea, if ye keep the commandments which the Lord delivered unto Moses in the mount of Sinai, saying:

I am the Lord thy God, who hath brought thee out of the land of Egypt, out of the house of bondage.

Thou shalt have no other God before me.

36      Huwag kayong gagawa sa inyong sarili ng anumang inukit na larawan, o anumang nahahalintulad ng anumang bagay na nasa langit sa taas, o mga bagay na nasa ilalim ng lupa.

37      Ngayon sinabi ni Abinadi sa kanila, Ginawa ba ninyo ang lahat ng ito? Sinasabi ko sa inyo, Hindi, hindi ninyo ginawa. At itinuro ba ninyo sa mga taong ito na dapat nilang gawin ang lahat ng bagay na ito? Sinasabi ko sa inyo, Hindi, hindi ninyo itinuro.

Thou shalt not make unto thee any graven image, or any likeness of any thing in heaven above, or things which are in the earth beneath.

Now Abinadi said unto them, Have ye done all this? I say unto you, Nay, ye have not. And have ye taught this people that they should do all these things? I say unto you, Nay, ye have not.

## Mosiah 13

- 1 At ngayon nang marinig ng hari ang mga salitang ito, sinabi niya sa kanyang mga saserdote: Dalhin ang taong ito, at patayin siya; sapagkat ano ang mapapala natin sa kanya, sapagkat siya ay baliw.
- 2 At nagsitayo sila at nagtangkang hawakan siya ng kanilang mga kamay; subalit kanyang napaglabanan sila, at sinabi sa kanila:
- 3 Huwag ninyo akong salingin, sapagkat parurusahan kayo ng Diyos kung hahawakan ninyo ako, sapagkat hindi ko pa naihahayag ang mensaheng ibinigay ng Panginoon sa akin na ipahayag; ni hindi ko pa nasasabi sa inyo ang yaong hinihiling ninyong sabihin ko; samakatwid, hindi ipahihintulot ng Diyos na ako ay mamatay sa oras na ito.
- 4 Subalit kailangan kong tuparin ang mga kautusang iniutos ng Diyos sa akin; at dahil sa sinabi ko sa inyo ang katotohanan kayo ay nagagalit sa akin. At muli, dahil sa sinabi ko ang salita ng Diyos, hinatulan ninyo ako na ako ay baliw.
- 5 Ngayon ito ay nangyari na, na matapos sabihin ni Abinadi ang mga salitang ito na ang mga tao ni haring Noe ay hindi nagtangkang hawakan siya ng kanilang mga kamay, sapagkat nasa kanya ang Espiritu ng Panginoon; at ang kanyang mukha ay nagliwanag nang may di pangkaraniwang pagkinang, maging tulad kay Moises habang nasa bundok ng Sinai, habang nakikipag-usap sa Panginoon.
- 6 At nangusap siya nang may kapangyarihan at karapatan mula sa Diyos; at ipinagpatuloy niya ang kanyang mga salita, sinasabing:
- 7 Nakikita ninyong wala kayong kapangyarihan na patayin ako, samakatwid, tatapusin ko ang aking mensahe. Oo, at nahihiwatigan kong tumatagos ito sa inyong mga puso dahil sa sinabi ko sa inyo ang katotohanan hinggil sa inyong mga kasamaan.
- 8 Oo, at pinupuno kayo ng aking mga salita ng pagkamangha at panggigilalas, at ng galit.
- 9 Subalit tatapusin ko ang aking mensahe; at pagkatapos hindi na mahalaga kung saan ako patutungo, kung mangyayari na ako ay maliligtas.

## Mosiah 13

And now when the king had heard these words, he said unto his priests: Away with this fellow, and slay him; for what have we to do with him, for he is mad.

And they stood forth and attempted to lay their hands on him; but he withstood them, and said unto them:

Touch me not, for God shall smite you if ye lay your hands upon me, for I have not delivered the message which the Lord sent me to deliver; neither have I told you that which ye requested that I should tell; therefore, God will not suffer that I shall be destroyed at this time.

But I must fulfil the commandments wherewith God has commanded me; and because I have told you the truth ye are angry with me. And again, because I have spoken the word of God ye have judged me that I am mad.

Now it came to pass after Abinadi had spoken these words that the people of king Noah durst not lay their hands on him, for the Spirit of the Lord was upon him; and his face shone with exceeding luster, even as Moses' did while in the mount of Sinai, while speaking with the Lord.

And he spake with power and authority from God; and he continued his words, saying:

Ye see that ye have not power to slay me, therefore I finish my message. Yea, and I perceive that it cuts you to your hearts because I tell you the truth concerning your iniquities.

Yea, and my words fill you with wonder and amazement, and with anger.

But I finish my message; and then it matters not whither I go, if it so be that I am saved.

10 Subalit ito lamang ang masasabi ko sa inyo, kung ano ang gagawin ninyo sa akin, pagkatapos nito, ay magiging halimbawa at anino ng mga bagay na darating.

11 At ngayon babasahin ko sa inyo ang nalalabi sa mga kautusan ng Diyos, sapagkat nahihiwatigan kong hindi ito nakasulat sa inyong mga puso; nahihiwatigan kong nag-aral kayo at nagturo ng kasamaan sa halos buong buhay ninyo.

12 At ngayon, tandaan ninyong sinabi ko sa inyo: Huwag kayong gagawa sa inyong sarili ng anumang inukit na larawan, o anumang nahahalintulad ng anumang bagay na nasa langit sa taas, o mga yaong nasa lupa sa ilalim, o mga yaong sa ilalim ng lupa.

13 At muli: Huwag kayong yuyukod sa kanila, ni paglingkuran sila; sapagkat ako na Panginoon ninyong Diyos ay selosong Diyos, nagpaparusa sa mga kasamaan ng mga ama sa mga anak, hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi nila na napopoot sa akin;

14 At nagpapakita ng awa sa mga yaong libu-libo na nagmamahal sa akin at sumusunod sa aking mga kautusan.

15 Huwag ninyong babanggitin ang pangalan ng Panginoon ninyong Diyos sa walang saysay; sapagkat hindi pawawalang-sala ng Panginoon ang bumanggit sa kanyang pangalan nang walang saysay.

16 Alalahanin ang araw ng sabbath upang panatilihin banal ito.

17 Anim na araw kayong gagawa, at gagawin ang lahat ng inyong gawain.

18 Subalit sa ikapitong araw, ang sabbath ng Panginoon ninyong Diyos, huwag kayong gagawa ng anumang gawain, kayo, ni ang inyong anak na lalaki, ni ang inyong anak na babae, ang inyong lalaking tagapagsilbi, ni ang inyong babaing tagapagsilbi, ni ang inyong baka, ni ang dayuhan na nasa loob ng inyong mga pasukan;

19 Sapagkat sa loob ng anim na araw ay nilikha ng Panginoon ang langit at lupa, at ang dagat, at lahat ng naroroon; anupa't pinagpala ng Panginoon ang araw ng sabbath, at pinabanal ito.

But this much I tell you, what you do with me, after this, shall be as a type and a shadow of things which are to come.

And now I read unto you the remainder of the commandments of God, for I perceive that they are not written in your hearts; I perceive that ye have studied and taught iniquity the most part of your lives.

And now, ye remember that I said unto you: Thou shalt not make unto thee any graven image, or any likeness of things which are in heaven above, or which are in the earth beneath, or which are in the water under the earth.

And again: Thou shalt not bow down thyself unto them, nor serve them; for I the Lord thy God am a jealous God, visiting the iniquities of the fathers upon the children, unto the third and fourth generations of them that hate me;

And showing mercy unto thousands of them that love me and keep my commandments.

Thou shalt not take the name of the Lord thy God in vain; for the Lord will not hold him guiltless that taketh his name in vain.

Remember the sabbath day, to keep it holy.

Six days shalt thou labor, and do all thy work;

But the seventh day, the sabbath of the Lord thy God, thou shalt not do any work, thou, nor thy son, nor thy daughter, thy man-servant, nor thy maid-servant, nor thy cattle, nor thy stranger that is within thy gates;

For in six days the Lord made heaven and earth, and the sea, and all that in them is; wherefore the Lord blessed the sabbath day, and hallowed it.

- 20 Igalang ninyo ang inyong ama at inyong ina, upang maging mahaba ang inyong mga araw sa lupaing ibinigay ng Panginoon ninyong Diyos sa inyo.
- 21 Huwag kayong papatay.
- 22 Huwag kayong makikiapid. Huwag kayong magnanakaw.
- 23 Huwag kayong sasaksi nang walang katotohanan laban sa inyong kapwa.
- 24 Huwag ninyong pag-iimbutan ang sambahayan ng inyong kapwa, huwag ninyong pag-iimbutan ang asawa ng inyong kapwa, ni ang kanyang lalaking tagapagsilbi, ni ang kanyang babaing tagapagsilbi, ni ang kanyang baka, ni ang kanyang asno, ni anumang bagay na pag-aari ng inyong kapwa.
- 25 At ito ay nangyari na, nang matapos si Abinadi sa mga salitang ito ay sinabi niya sa kanila: Tinuruan ba ninyo ang mga taong ito na dapat nilang gawin ang lahat ng bagay na ito upang masunod ang mga kautusang ito?
- 26 Sinasabi ko sa inyo, Hindi; sapagkat kung ginawa ninyo ito, hindi na sana pinapangyari ng Panginoon na isugo ako at magpropesiya ng kapahamakan hinggil sa mga taong ito.
- 27 At ngayon sinabi ninyo na ang kaligtasan ay darating sa pamamagitan ng mga batas ni Moises. Sinasabi ko sa inyo na kinakailangang sundin ninyo ang mga batas ni Moises sa ngayon; subalit sinasabi ko sa inyo, na darating ang panahon na hindi na kakailanganing sundin pa ang mga batas ni Moises.
- 28 At bukod doon, sinasabi ko sa inyo, na ang kaligtasan ay hindi darating sa pamamagitan ng batas lamang; at kung hindi dahil sa pagbabayad-sala, na gagawin na rin ng Diyos para sa mga kasalanan at kasamaan ng kanyang mga tao, ay tiyak na di maiiwasan silang masawi, sa kabila ng mga batas ni Moises.
- 29 At ngayon sinasabi ko sa inyo na kinakailangang magkaroon ng batas na maibibigay sa mga anak ni Israel, oo, maging isang napakahigpit na batas; sapagkat sila ay mga taong matitigas ang leeg, mabilis sa paggawa ng kasamaan, at mabagal sa pag-alaala sa Panginoon nilang Diyos;

Honor thy father and thy mother, that thy days may be long upon the land which the Lord thy God giveth thee.

Thou shalt not kill.

Thou shalt not commit adultery. Thou shalt not steal.

Thou shalt not bear false witness against thy neighbor.

Thou shalt not covet thy neighbor's house, thou shalt not covet thy neighbor's wife, nor his manservant, nor his maid-servant, nor his ox, nor his ass, nor anything that is thy neighbor's.

And it came to pass that after Abinadi had made an end of these sayings that he said unto them: Have ye taught this people that they should observe to do all these things for to keep these commandments?

I say unto you, Nay; for if ye had, the Lord would not have caused me to come forth and to prophesy evil concerning this people.

And now ye have said that salvation cometh by the law of Moses. I say unto you that it is expedient that ye should keep the law of Moses as yet; but I say unto you, that the time shall come when it shall no more be expedient to keep the law of Moses.

And moreover, I say unto you, that salvation doth not come by the law alone; and were it not for the atonement, which God himself shall make for the sins and iniquities of his people, that they must unavoidably perish, notwithstanding the law of Moses.

And now I say unto you that it was expedient that there should be a law given to the children of Israel, yea, even a very strict law; for they were a stiffnecked people, quick to do iniquity, and slow to remember the Lord their God;



- 30 Kaya nga, may batas na ibinigay sa kanila, oo, isang batas ng mga gawain at ng mga ordenansa, isang batas na kanilang mahigpit na susundin sa araw-araw, upang mapanatili sila sa pag-alaala sa Diyos at sa kanilang tungkulin sa kanya.
- 31 Subalit masdan, sinasabi ko sa inyo, na ang lahat ng bagay na ito ay mga kahalintulad ng mga bagay na darating.
- 32 At ngayon, nauunawaan ba nila ang batas? Sinasabi ko sa inyo, Hindi, hindi nila naunawaan lahat ang batas; at ito ay dahil sa katigasan ng kanilang mga puso; sapagkat hindi nila naunawaan na walang sinumang tao ang maliligtas maliban kung ito ay sa pamamagitan ng pagtubos ng Diyos.
- 33 Sapagkat masdan, hindi ba't nagpropesiya si Moises sa kanila hinggil sa pagparito ng Mesiyas, at na tutubusin ng Diyos ang kanyang mga tao? Oo, at maging lahat ng propeta ay nagpropesiya mula pa sa simula ng daigdig—hindi ba sila nangusap ng higit-kumulang hinggil sa mga bagay na ito?
- 34 Hindi ba't sinabi nila na ang Diyos na rin ang bababa sa mga anak ng tao, at tataglayin niya sa kanyang sarili ang kaanyuan ng tao, at hahayo sa dakilang kapangyarihan sa balat ng lupa?
- 35 Oo, at hindi ba't sinabi rin nila na papapangyarihin niya ang pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, at na siya rin, ay pagmamalupitan at pahihirapan?

Therefore there was a law given them, yea, a law of performances and of ordinances, a law which they were to observe strictly from day to day, to keep them in remembrance of God and their duty towards him.

But behold, I say unto you, that all these things were types of things to come.

And now, did they understand the law? I say unto you, Nay, they did not all understand the law; and this because of the hardness of their hearts; for they understood not that there could not any man be saved except it were through the redemption of God.

For behold, did not Moses prophesy unto them concerning the coming of the Messiah, and that God should redeem his people? Yea, and even all the prophets who have prophesied ever since the world began—have they not spoken more or less concerning these things?

Have they not said that God himself should come down among the children of men, and take upon him the form of man, and go forth in mighty power upon the face of the earth?

Yea, and have they not said also that he should bring to pass the resurrection of the dead, and that he, himself, should be oppressed and afflicted?

## Mosiah 14

- 1 Oo, hindi ba't sinabi ni Isaias: Sino ang naniwala sa ating ibinabalita, at kanino ipinahahayag ang bisig ng Panginoon?
- 2 Sapagkat siya ay lalaki sa kanyang harapan na tulad ng isang murang halaman, at tulad ng isang ugat sa labas ng tuyong lupa; wala siyang kaanyuan ni kagandahang makatawag-pansin; at kapag makikita natin siya, wala siyang kagandahan na maaari nating naisin sa kanya.
- 3 Siya ay hinamak at itinakwil ng mga tao; isang tao ng kalungkutan, at sanay sa hapis; at tayo ay nakubli tulad ng ating pagkubli sa ating mga mukha mula sa kanya; hinamak siya, at hindi natin siya pinahalagahan.
- 4 Tunay na kanyang pinasan ang ating mga dalamhati, at dinala ang ating mga kalungkutan; gayon man ipinalagay natin siyang pinarusahan, binagabag ng Diyos, at pinahirapan.
- 5 Subalit siya ay nasugatan dahil sa ating mga kasalanan, siya ay nabugbog dahil sa ating mga kasamaan; ang parusa ng ating kapayapaan ay nasa kanya; at sa pamamagitan ng kanyang mga latay tayo ay gumaling.
- 6 Tayong lahat, tulad ng tupa, ay nangaligaw; ang bawat isa sa atin ay nagkani-kanyang landas; at pinasan ng Panginoon ang mga kasamaan nating lahat.
- 7 Siya ay inapi, at siya ay pinahirapan, gayon man, hindi niya ibinuka ang kanyang bibig; dinala siya na tulad ng kordero sa katayan, at tulad ng tupa sa harapan ng kanyang mga manggugupit ay pipi kaya't hindi niya ibinuka ang kanyang bibig.
- 8 Siya ay inilabas mula sa bilangguan at mula sa hukuman; at sino ang maghahayag ng kanyang salinlahi? Sapagkat siya ay inihiwalay palabas ng lupain ng buhay; dahil sa mga kasalanan ng aking mga tao ay naparusahan siya.
- 9 At ginawa niya ang kanyang libingan na kasama ng masasama, at kasama ng mayayaman sa kanyang kamatayan; dahil sa wala siyang nagawang masama, ni walang anumang kasinungalingan sa kanyang bibig.

## Mosiah 14

Yea, even doth not Isaiah say: Who hath believed our report, and to whom is the arm of the Lord revealed?

For he shall grow up before him as a tender plant, and as a root out of dry ground; he hath no form nor comeliness; and when we shall see him there is no beauty that we should desire him.

He is despised and rejected of men; a man of sorrows, and acquainted with grief; and we hid as it were our faces from him; he was despised, and we esteemed him not.

Surely he has borne our griefs, and carried our sorrows; yet we did esteem him stricken, smitten of God, and afflicted.

But he was wounded for our transgressions, he was bruised for our iniquities; the chastisement of our peace was upon him; and with his stripes we are healed.

All we, like sheep, have gone astray; we have turned every one to his own way; and the Lord hath laid on him the iniquities of us all.

He was oppressed, and he was afflicted, yet he opened not his mouth; he is brought as a lamb to the slaughter, and as a sheep before her shearers is dumb so he opened not his mouth.

He was taken from prison and from judgment; and who shall declare his generation? For he was cut off out of the land of the living; for the transgressions of my people was he stricken.

And he made his grave with the wicked, and with the rich in his death; because he had done no evil, neither was any deceit in his mouth.

- 10      Gayon man ikinasiya ng Panginoon na mabugbog siya; siya ay inilagay niya sa pagdadalamhati; kapag inyong ginawang pinakahandog ang kanyang kaluluwa para sa kasalanan ay makikita niya ang kanyang binhi, pahahabain niya ang kanyang mga araw, at ang kasiyahan ng Panginoon ay uunlad sa kanyang kamay.
- 11      Makikita niya ang paghihirap ng kanyang kaluluwa, at masisiyahan; sa pamamagitan ng kanyang kaalaman ay mabibigyang-katwiran ng aking mabuting tagapaglingkod ang marami; sapagkat papasanin niya ang kanilang mga kasamaan.
- 12      Samakatwid, hahatian ko siya ng bahagi na kasama ng dakila, at hahatiin niya ang nasamsam na kasama ng malakas; dahil sa ibinuhos niya ang kanyang kaluluwa sa kamatayan; at nabilang siya sa mga makasalanan; at pinasan niya ang mga kasalanan ng marami, at namagitan sa mga makasalanan.

Yet it pleased the Lord to bruise him; he hath put him to grief; when thou shalt make his soul an offering for sin he shall see his seed, he shall prolong his days, and the pleasure of the Lord shall prosper in his hand.

He shall see the travail of his soul, and shall be satisfied; by his knowledge shall my righteous servant justify many; for he shall bear their iniquities.

Therefore will I divide him a portion with the great, and he shall divide the spoil with the strong; because he hath poured out his soul unto death; and he was numbered with the transgressors; and he bore the sins of many, and made intercession for the transgressors.

## Mosiah 15

- 1 At ngayon sinabi ni Abinadi sa kanila: Ninanais kong inyong maunawaan na ang Diyos din ay bababa sa mga anak ng tao, at tutubusin ang kanyang mga tao.
- 2 At dahil sa nagkatawang-tao siya, tatawagin siyang Anak ng Diyos, at ipinasakop ang laman sa kalooban ng Ama, naging ang Ama at ang Anak—
- 3 Ang Ama, dahil sa ipinaglihi siya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos; at ang Anak, dahil sa laman; sa gayon naging Ama at Anak—
- 4 At sila ay isang Diyos, oo, ang siya ring Walang Hanggang Ama ng langit at ng lupa.
- 5 At sa gayon ang laman ay napasakop sa Espiritu, o ang Anak sa Ama, na isang Diyos, dumanas ng tukso, at hindi nagpadaig sa tukso, kundi pinahintulutan ang kanyang sariling kutyain, at pahirapan, at ipagtabuyan, at itakwil ng kanyang sariling mga tao.
- 6 At matapos ang lahat ng ito, matapos gumawa ng maraming makapangyarihang himala sa mga anak ng tao, dadalhin siya, oo, maging tulad ng sinabi ni Isaias, tulad ng tupa sa harapan ng manggugupit ay pipi, kaya't hindi niya ibinuka ang kanyang bibig.
- 7 Oo, gayon pa man siya ay dadalhin, ipapako sa krus, at papatayin, ang laman ay mapasasakop maging sa kamatayan, ang kalooban ng Anak ay mapasasakop sa kalooban ng Ama.
- 8 At sa gayon nalagot ng Diyos ang mga gapos ng kamatayan, nakamtan ang tagumpay sa kamatayan; binibigyan ang Anak ng kapangyarihan na mamagitan para sa mga anak ng tao—
- 9 Matapos makaakyat sa langit, may sisidlan ng awa; napupuspos ng habag sa mga anak ng tao; tumayo sa pagitan nila at sa katarungan; matapos makalagan ang mga gapos ng kamatayan, inako niya ang kanilang kasamaan at kanilang mga kasalanan, matapos silang tubusin, at tugunin ang mga hinihingi ng katarungan.
- 10 At ngayon sinasabi ko sa inyo, sino ang magpapahayag ng kanyang salinlahi? Masdan, sinasabi ko sa inyo, na matapos magawang pinakahandog ang kanyang kaluluwa para sa kasalanan ay makikita niya ang kanyang binhi. At ngayon, ano ang masasabi ninyo? At sino ang kanyang magiging binhi?

## Mosiah 15

And now Abinadi said unto them: I would that ye should understand that God himself shall come down among the children of men, and shall redeem his people.

And because he dwelleth in flesh he shall be called the Son of God, and having subjected the flesh to the will of the Father, being the Father and the Son—

The Father, because he was conceived by the power of God; and the Son, because of the flesh; thus becoming the Father and Son—

And they are one God, yea, the very Eternal Father of heaven and of earth.

And thus the flesh becoming subject to the Spirit, or the Son to the Father, being one God, suffereth temptation, and yieldeth not to the temptation, but suffereth himself to be mocked, and scourged, and cast out, and disowned by his people.

And after all this, after working many mighty miracles among the children of men, he shall be led, yea, even as Isaiah said, as a sheep before the shearer is dumb, so he opened not his mouth.

Yea, even so he shall be led, crucified, and slain, the flesh becoming subject even unto death, the will of the Son being swallowed up in the will of the Father.

And thus God breaketh the bands of death, having gained the victory over death; giving the Son power to make intercession for the children of men—

Having ascended into heaven, having the bowels of mercy; being filled with compassion towards the children of men; standing betwixt them and justice; having broken the bands of death, taken upon himself their iniquity and their transgressions, having redeemed them, and satisfied the demands of justice.

And now I say unto you, who shall declare his generation? Behold, I say unto you, that when his soul has been made an offering for sin he shall see his seed. And now what say ye? And who shall be his seed?

- 11 Masdan, sinasabi ko sa inyo, na kung sino man ang makikinig ng mga salita ng mga propeta, oo, lahat ng banal na propeta na nagpropesiya hinggil sa pagparito ng Panginoon—sinasabi ko sa inyo, na lahat ng yaong makikinig sa kanilang mga salita, at maniniwalang tutubusin ng Panginoon ang kanyang mga tao, at umaasa sa araw na yaon para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan, sinasabi ko sa inyo, na sila ang kanyang binhi, o sila ang mga tagapagmana ng kaharian ng Diyos.
- 12 Sapagkat sila yaong ang mga kasalanan ay kanyang pinasan; sa kanila niya inialay ang kanyang buhay upang matubos sila mula sa kanilang mga kasalanan. At ngayon, hindi ba't sila ang kanyang binhi?
- 13 Oo, at hindi ba't ang mga propeta, bawat isa na nagbuka ng kanyang bibig upang magpropesiya, na hindi nangahulog sa paglabag, ang ibig kong sabihin ay lahat ng banal na propeta magmula sa simula ng daigdig? Sinasabi ko sa inyo na sila ay kanyang binhi.
- 14 At sila ang mga yaong nagpahayag ng kapayapaan, na nagdala ng mabuting balita ng kabutihan, na nagpahayag ng kaligtasan; at nagsabi sa Sion: Ang inyong Diyos ay naghahari!
- 15 At O kayganda ng kanilang mga paa sa mga bundok!
- 16 At muli, kayganda sa mga bundok ang mga paa nila na mga naghahayag pa rin ng kapayapaan!
- 17 At muli, kayganda sa mga bundok ang mga paa nila na mga maghahayag mula ngayon ng kapayapaan, oo, magmula sa panahong ito at magpakailanman!
- 18 At masdan, sinasabi ko sa inyo, hindi lamang ito. Sapagkat O kayganda sa mga bundok ang mga paa niya na nagdadala ng mabuting balita, na tagapagtatag ng kapayapaan, oo, maging ang Panginoon, na tumubos sa kanyang mga tao; oo, siya na nagkaloob ng kaligtasan sa kanyang mga tao;
- 19 Sapagkat kung hindi dahil sa pagtubos na ginawa niya para sa kanyang mga tao, na inihanda mula pa sa pagkakatatag ng daigdig, sinasabi ko sa inyo, kung hindi dahil dito, ang buong sangkatauhan ay nangasawi na sana.

Behold I say unto you, that whosoever has heard the words of the prophets, yea, all the holy prophets who have prophesied concerning the coming of the Lord—I say unto you, that all those who have hearkened unto their words, and believed that the Lord would redeem his people, and have looked forward to that day for a remission of their sins, I say unto you, that these are his seed, or they are the heirs of the kingdom of God.

For these are they whose sins he has borne; these are they for whom he has died, to redeem them from their transgressions. And now, are they not his seed?

Yea, and are not the prophets, every one that has opened his mouth to prophesy, that has not fallen into transgression, I mean all the holy prophets ever since the world began? I say unto you that they are his seed.

And these are they who have published peace, who have brought good tidings of good, who have published salvation; and said unto Zion: Thy God reigneth!

And O how beautiful upon the mountains were their feet!

And again, how beautiful upon the mountains are the feet of those that are still publishing peace!

And again, how beautiful upon the mountains are the feet of those who shall hereafter publish peace, yea, from this time henceforth and forever!

And behold, I say unto you, this is not all. For O how beautiful upon the mountains are the feet of him that bringeth good tidings, that is the founder of peace, yea, even the Lord, who has redeemed his people; yea, him who has granted salvation unto his people;

For were it not for the redemption which he hath made for his people, which was prepared from the foundation of the world, I say unto you, were it not for this, all mankind must have perished.

- 20 Subalit masdan, ang mga gapos ng kamatayan ay makakalag, at ang Anak ay maghahari, at magkakaroon ng kapangyarihan sa kamatayan; anupa't kanyang papapangyarihin ang pagkabuhay na mag-uli ng mga patay.
- 21 At magkakaroon ng pagkabuhay na mag-uli, maging ng unang pagkabuhay na mag-uli; oo, maging ng pagkabuhay na mag-uli nila noon, at nila ngayon, at nila na darating, maging hanggang sa pagkabuhay na mag-uli ni Cristo—sapagkat gayon siya tatawagin.
- 22 At ngayon, ang pagkabuhay na mag-uli ng lahat ng propeta, at lahat ng yaong naniwala sa kanilang mga salita, o lahat ng yaong sumunod sa mga kautusan ng Diyos, ay magbabangon sa unang pagkabuhay na mag-uli; anupa't sila ang unang mangabubuhay na mag-uli.
- 23 Sila ay ibabangon upang manahanang kasama ng Diyos na siyang tumubos sa kanila; sa gayon sila ay may buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo, na siyang kumalag sa mga gapos ng kamatayan.
- 24 At sila ang mga yaong may bahagi sa unang pagkabuhay na mag-uli; at sila ang mga yaong namatay bago pumarito si Cristo, sa kanilang kawalang-malay, hindi naipahayag ang kaligtasan sa kanila. At sa ganito papapangyarihin ng Panginoon ang pagpapanumbalik nila; at may bahagi sila sa unang pagkabuhay na mag-uli, o may buhay na walang hanggan, matapos tubusin ng Panginoon.
- 25 At ang maliliit na bata ay may buhay na walang hanggan din.
- 26 Subalit masdan, at matakot, at manginig sa harapan ng Diyos, sapagkat dapat kayong manginig; sapagkat walang tinubos ang Panginoon na naghihimagsik laban sa kanya at namatay sa kanilang mga kasalanan; oo, maging lahat ng yaong nangamatay sa kanilang mga kasalanan mula pa sa simula ng mundo, na sadyang naghimagsik laban sa Diyos, na nakaalam sa mga kautusan ng Diyos at ayaw sundin ang mga ito; sila ang mga yaong walang bahagi sa unang pagkabuhay na mag-uli.

But behold, the bands of death shall be broken, and the Son reigneth, and hath power over the dead; therefore, he bringeth to pass the resurrection of the dead.

And there cometh a resurrection, even a first resurrection; yea, even a resurrection of those that have been, and who are, and who shall be, even until the resurrection of Christ—for so shall he be called.

And now, the resurrection of all the prophets, and all those that have believed in their words, or all those that have kept the commandments of God, shall come forth in the first resurrection; therefore, they are the first resurrection.

They are raised to dwell with God who has redeemed them; thus they have eternal life through Christ, who has broken the bands of death.

And these are those who have part in the first resurrection; and these are they that have died before Christ came, in their ignorance, not having salvation declared unto them. And thus the Lord bringeth about the restoration of these; and they have a part in the first resurrection, or have eternal life, being redeemed by the Lord.

And little children also have eternal life.

But behold, and fear, and tremble before God, for ye ought to tremble; for the Lord redeemeth none such that rebel against him and die in their sins; yea, even all those that have perished in their sins ever since the world began, that have wilfully rebelled against God, that have known the commandments of God, and would not keep them; these are they that have no part in the first resurrection.

27 Kaya nga, hindi ba't kayo ay dapat na manginig? Sapagkat hindi mapapasa mga gayon ang kaligtasan; sapagkat walang gayong tutubusin ang Panginoon; oo, ni hindi kayang tubusin ng Panginoon ang gayon; sapagkat hindi niya pasisinungalingan ang kanyang sarili; sapagkat hindi niya matatanggihan ang katarungan kapag mayroon itong karapatan.

28 At ngayon sinasabi ko sa inyo na darating ang panahon na ang kaligtasan ng Panginoon ay ipahahayag sa bawat bansa, lahi, wika, at tao.

29 Oo, Panginoon, ang inyong mga tagabantay ay magtataas ng kanilang mga tinig; sa pamamagitan ng magkakasamang tinig sila ay aawit, sapagkat kanilang makikita nang mata sa mata kung kailan ibabalik na muli ng Panginoon ang Sion.

30 Magpakagalak, magsiawit nang magkakasama, kayong mga nawasak na dako ng Jerusalem; sapagkat inaliw ng Panginoon ang kanyang mga tao, tinubos niya ang Jerusalem.

31 Ipinakita ng Panginoon ang kanyang banal na bisig sa paningin ng lahat ng bansa; at lahat ng dulo ng mundo ay makikita ang kaligtasan ng ating Diyos.

Therefore ought ye not to tremble? For salvation cometh to none such; for the Lord hath redeemed none such; yea, neither can the Lord redeem such; for he cannot deny himself; for he cannot deny justice when it has its claim.

And now I say unto you that the time shall come that the salvation of the Lord shall be declared to every nation, kindred, tongue, and people.

Yea, Lord, thy watchmen shall lift up their voice; with the voice together shall they sing; for they shall see eye to eye, when the Lord shall bring again Zion.

Break forth into joy, sing together, ye waste places of Jerusalem; for the Lord hath comforted his people, he hath redeemed Jerusalem.

The Lord hath made bare his holy arm in the eyes of all the nations; and all the ends of the earth shall see the salvation of our God.

## Mosiah 16

- 1 At ngayon, ito ay nangyari na, na matapos sabihin ni Abinadi ang mga salitang ito ay iniunat niya ang kanyang mga kamay at sinabi: Darating ang panahon na makikita ng lahat ang kaligtasan ng Panginoon; na ang bawat bansa, lahi, wika, at tao ay makikita nang mata sa mata at kikilalanin sa harapan ng Diyos na ang kanyang mga paghahatol ay makatarungan.
- 2 At sa panahong yaon ang masasama ay itatakwil, at magkakaroon sila ng dahilan upang humagulgol, at tumangis, at managhoy, at pagngalitin ang kanilang mga ngipin; at ito ay dahil sa ayaw nilang pakinggan ang tinig ng Panginoon; anupa't hindi sila tutubusin ng Panginoon.
- 3 Sapagkat sila ay makamundo at mala-diyablo, at may kapangyarihan ang diyablo sa kanila; oo, maging ang yaong matandang ahas na luminlang sa ating mga unang magulang, na naging dahilan ng kanilang pagkahulog; na naging dahilan upang ang buong sangkatauhan ay maging makamundo, makalaman, mala-diyablo, nalalaman ang masama mula sa mabuti, ipinasasakop ang kanilang sarili sa diyablo.
- 4 Sa gayon naligaw ang buong sangkatauhan; at masdan, dapat na sana silang nangaligaw nang walang katapusan kung hindi lamang tinubos ng Diyos ang kanyang mga tao mula sa kanilang ligaw at nahulog na kalagayan.
- 5 Subalit tandaan, siya na nagpupumilit sa kanyang sariling likas na kamunduhan, at nagpapatuloy sa mga landas ng kasalanan at paghihimagsik laban sa Diyos, ay nananatili sa kanyang pagkahulog na kalagayan at ang diyablo ay may lubos na kapangyarihan sa kanya. Kaya nga, para bang walang ginawang pagtubos sa kanya, na naging kaaway ng Diyos; at gayon din ang diyablo ay kaaway ng Diyos.
- 6 At ngayon, kung si Cristo ay hindi pumarito sa daigdig, tumutukoy sa mga bagay na darating na para bang dumating na ang mga ito, ay hindi sana magkakaroon ng pagtubos.

## Mosiah 16

And now, it came to pass that after Abinadi had spoken these words he stretched forth his hand and said: The time shall come when all shall see the salvation of the Lord; when every nation, kindred, tongue, and people shall see eye to eye and shall confess before God that his judgments are just.

And then shall the wicked be cast out, and they shall have cause to howl, and weep, and wail, and gnash their teeth; and this because they would not hearken unto the voice of the Lord; therefore the Lord redeemeth them not.

For they are carnal and devilish, and the devil has power over them; yea, even that old serpent that did beguile our first parents, which was the cause of their fall; which was the cause of all mankind becoming carnal, sensual, devilish, knowing evil from good, subjecting themselves to the devil.

Thus all mankind were lost; and behold, they would have been endlessly lost were it not that God redeemed his people from their lost and fallen state.

But remember that he that persists in his own carnal nature, and goes on in the ways of sin and rebellion against God, remaineth in his fallen state and the devil hath all power over him. Therefore he is as though there was no redemption made, being an enemy to God; and also is the devil an enemy to God.

And now if Christ had not come into the world, speaking of things to come as though they had already come, there could have been no redemption.



- 7 At kung si Cristo ay hindi bumangon mula sa patay, o nagkalag ng mga gapos ng kamatayan upang hindi magtagumpay ang libingan, at hindi magkaroon ng tibo ang kamatayan, ay hindi sana magkakaroon ng pagkabuhay na mag-uli.
- 8 Subalit may pagkabuhay na mag-uli, samakatwid, hindi nagtagumpay ang libingan, at ang tibo ng kamatayan ay nalulon kay Cristo.
- 9 Siya ang ilaw at ang buhay ng daigdig; oo, isang ilaw na walang hanggan, na hindi maaaring magdilim; oo, at isang buhay rin na walang hanggan, na hindi na maaaring magkaroon pa ng kamatayan.
- 10 Maging ang may kamatayang ito ay mabibihisan ng kawalang-kamatayan, at ang may kabulukang ito ay mabibihisan ng walang kabulukan, at dadalhin upang tumayo sa harapan ng hukuman ng Diyos, upang hatulan niya alinsunod sa kanilang mga gawa maging mabuti man yaon o maging yaon man ay masama—
- 11 Kung sila ay mabubuti, sa pagkabuhay na mag-uli ng buhay na walang hanggan at kaligayahan; at kung sila ay masasama, sa pagkabuhay na mag-uli ng walang hanggang kapahamakan, na ibibigay sa diyablo, na siyang sumakop sa kanila, na kung alin ay kapahamakan—
- 12 Na humayo alinsunod sa kanilang sariling mga makamundong kagustuhan at hangarin; na hindi kailanman nanawagan sa Panginoon habang nakaunat ang mga bisig ng awa sa kanila; sapagkat ang mga bisig ng awa ay nakaunat sa kanila, at ayaw nila; sila na binalaan tungkol sa kanilang kasamaan at gayon man ay ayaw nilang tumalikod mula sa mga yaon; at inutusan silang magsisi at gayon man, ayaw nilang magsisi.
- 13 At ngayon, hindi ba't kayo ay dapat na manginig at magsisi ng inyong mga kasalanan, at pakatandaan na tangi at sa pamamagitan lamang ni Cristo kayo ay maaaring maligtas?
- 14 Samakatwid, kung itinuturo ninyo ang mga batas ni Moises, ituro rin na ito ay anino ng mga yaong bagay na darating—
- 15 Ituro sa kanila na darating ang pagtubos sa pamamagitan ni Cristo, ang Panginoon, na siya ring Amang Walang Hanggan. Amen.

And if Christ had not risen from the dead, or have broken the bands of death that the grave should have no victory, and that death should have no sting, there could have been no resurrection.

But there is a resurrection, therefore the grave hath no victory, and the sting of death is swallowed up in Christ.

He is the light and the life of the world; yea, a light that is endless, that can never be darkened; yea, and also a life which is endless, that there can be no more death.

Even this mortal shall put on immortality, and this corruption shall put on incorruption, and shall be brought to stand before the bar of God, to be judged of him according to their works whether they be good or whether they be evil—

If they be good, to the resurrection of endless life and happiness; and if they be evil, to the resurrection of endless damnation, being delivered up to the devil, who hath subjected them, which is damnation—

Having gone according to their own carnal wills and desires; having never called upon the Lord while the arms of mercy were extended towards them; for the arms of mercy were extended towards them, and they would not; they being warned of their iniquities and yet they would not depart from them; and they were commanded to repent and yet they would not repent.

And now, ought ye not to tremble and repent of your sins, and remember that only in and through Christ ye can be saved?

Therefore, if ye teach the law of Moses, also teach that it is a shadow of those things which are to come—

Teach them that redemption cometh through Christ the Lord, who is the very Eternal Father. Amen.

## Mosiah 17

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, nang si Abinadi ay matapos sa mga pananalitang ito, na ang hari ay nagutos na nararapat siyang dakpin ng mga saserdote at papangyarihing siya ay patayin.
- 2 Ngunit may isa sa kanila na ang pangalan ay Alma, siya na isa ring inapo ni Nephi. At siya ay isang kabataang lalaki, at pinaniwalaan niya ang mga salitang sinabi ni Abinadi, sapagkat alam niya ang hinggil sa kasamaan na pinatotohanan ni Abinadi laban sa kanila; kaya nga, siya ay nagsimulang magmakaawa sa hari na huwag siyang magalit kay Abinadi, kundi pahintulutan siyang lumisan nang mapayapa.
- 3 Ngunit ang hari ay lalong napoot, at pinapangyari na si Alma ay palayasin sa kanila, at isinugo ang kanyang mga tagapagsilbi na sundan siya upang siya ay kanilang patayin.
- 4 Ngunit siya ay tumakas mula sa harapan nila at itinago ang kanyang sarili kung kaya't hindi nila siya natagpuan. At siya na nagtatago ng maraming araw ay isinulat ang lahat ng salitang sinabi ni Abinadi.
- 5 At ito ay nangyari na, na pinapangyari ng hari na si Abinadi ay paligiran ng kanyang mga tanod at dakpin siya; at siya ay kanilang iginapos at itinapon siya sa bilangguan.
- 6 At pagkatapos ng tatlong araw, matapos na makipagsanggunian sa kanyang mga saserdote, pinapangyari niya na siya ay muling dalhin sa harapan niya.
- 7 At sinabi sa kanya: Abinadi, kami ay nakahanap ng maipararatang laban sa iyo, at ikaw ay karapat-dapat sa kamatayan.
- 8 Sapagkat iyong sinabi na ang Diyos na rin ang bababa sa mga anak ng tao; at ngayon, sa dahilang ito ikaw ay mamamatay maliban kung babawiin mo ang lahat ng masamang salitang iyong sinabi hinggil sa akin at sa aking mga tao.
- 9 Ngayon, sinabi sa kanya ni Abinadi: Sinasabi ko sa inyo, hindi ko babawiin ang mga salitang aking sinabi sa inyo hinggil sa mga taong ito, sapagkat ang mga yaon ay totoo; at nang malaman ninyo ang kanilang katiyakan, hinayaan ko na ang aking sarili ay mahulog sa inyong mga kamay.

## Mosiah 17

And now it came to pass that when Abinadi had finished these sayings, that the king commanded that the priests should take him and cause that he should be put to death.

But there was one among them whose name was Alma, he also being a descendant of Nephi. And he was a young man, and he believed the words which Abinadi had spoken, for he knew concerning the iniquity which Abinadi had testified against them; therefore he began to plead with the king that he would not be angry with Abinadi, but suffer that he might depart in peace.

But the king was more wroth, and caused that Alma should be cast out from among them, and sent his servants after him that they might slay him.

But he fled from before them and hid himself that they found him not. And he being concealed for many days did write all the words which Abinadi had spoken.

And it came to pass that the king caused that his guards should surround Abinadi and take him; and they bound him and cast him into prison.

And after three days, having counseled with his priests, he caused that he should again be brought before him.

And he said unto him: Abinadi, we have found an accusation against thee, and thou art worthy of death.

For thou hast said that God himself should come down among the children of men; and now, for this cause thou shalt be put to death unless thou wilt recall all the words which thou hast spoken evil concerning me and my people.

Now Abinadi said unto him: I say unto you, I will not recall the words which I have spoken unto you concerning this people, for they are true; and that ye may know of their surety I have suffered myself that I have fallen into your hands.

- 10 Oo, at magdurusa ako maging hanggang kamatayan, at hindi ko babawiin ang aking mga salita, at ang mga yaon ay tatayo bilang patotoo laban sa inyo. At kung papatayin ninyo ako, kayo ay magpapadanak ng dugo ng isang walang malay, at ito ay tatayo rin bilang patotoo laban sa inyo sa huling araw.
- 11 At ngayon, si haring Noe ay pawawalan na sana siya, sapagkat siya ay natakot sa kanyang salita; sapagkat siya ay natakot na ang mga kahatulan ng Diyos ay sumapit sa kanya.
- 12 Ngunit ang mga saserdote ay nagtaas ng kanilang mga tinig laban sa kanya, at nagsimula siyang paratangan, sinasabing: Kanyang nilait ang hari. Anupa't ang hari ay nag-init sa galit laban sa kanya, at siya ay ibinigay sa kanila upang siya ay patayin.
- 13 At ito ay nangyari na, na siya ay kanilang kinuha at iginapos, at hinampas ang kanyang balat ng mga kahoy na panggatong, oo, maging hanggang sa kamatayan.
- 14 At ngayon, nang ang ningas ay nagsimula siyang pasuin, siya ay sumigaw sa kanila, sinasabing:
- 15 Masdan, maging katulad ng ginawa ninyo sa akin, gayon din ay mangyayari na ang inyong mga binhi ang magiging dahilan upang marami ang magdanas ng sakit na aking dinaranas, maging ang sakit ng kamatayan sa pamamagitan ng apoy, at ito ay dahil sa sila ay naniniwala sa kaligtasan ng Panginoon nilang Diyos.
- 16 At ito ay mangyayari na kayo ay pahihirapan ng lahat ng uri ng sakit dahil sa inyong mga kasamaan.
- 17 Oo, at kayo ay babagabagin sa bawat kamay, at itataboy at ikakalat doon at dito, katulad ng isang mailap na kawan na itinataboy ng mababangis at mababagsik na hayop.
- 18 At sa araw na yaon kayo ay paghahanapin, at kayo ay darakpin ng kamay ng inyong mga kaaway, at sa gayon kayo ay magdurusa, katulad ng aking pagdurusa, ang sakit ng kamatayan sa pamamagitan ng apoy.
- 19 Sa gayon ang Diyos ay nagsasagawa ng paghihiganti roon sa mga lumilipol sa kanyang mga tao. O Diyos, tanggapin ang aking kaluluwa.

Yea, and I will suffer even until death, and I will not recall my words, and they shall stand as a testimony against you. And if ye slay me ye will shed innocent blood, and this shall also stand as a testimony against you at the last day.

And now king Noah was about to release him, for he feared his word; for he feared that the judgments of God would come upon him.

But the priests lifted up their voices against him, and began to accuse him, saying: He has reviled the king. Therefore the king was stirred up in anger against him, and he delivered him up that he might be slain.

And it came to pass that they took him and bound him, and scourged his skin with faggots, yea, even unto death.

And now when the flames began to scorch him, he cried unto them, saying:

Behold, even as ye have done unto me, so shall it come to pass that thy seed shall cause that many shall suffer the pains that I do suffer, even the pains of death by fire; and this because they believe in the salvation of the Lord their God.

And it will come to pass that ye shall be afflicted with all manner of diseases because of your iniquities.

Yea, and ye shall be smitten on every hand, and shall be driven and scattered to and fro, even as a wild flock is driven by wild and ferocious beasts.

And in that day ye shall be hunted, and ye shall be taken by the hand of your enemies, and then ye shall suffer, as I suffer, the pains of death by fire.

Thus God executeth vengeance upon those that destroy his people. O God, receive my soul.

20 At ngayon, nang sabihin ni Abinadi ang mga salitang ito, siya ay bumagsak, na nagdanas ng kamatayan sa pamamagitan ng apoy; oo, pinatay nang dahil sa hindi niya itinanggi ang mga kautusan ng Diyos, matapos pagtibayin ang katotohanan ng kanyang mga salita sa pamamagitan ng kanyang kamatayan.

And now, when Abinadi had said these words, he fell, having suffered death by fire; yea, having been put to death because he would not deny the commandments of God, having sealed the truth of his words by his death.

## Mosiah 18

- 1 At ngayon, ito ay nangyari na, na si Alma, na nakatakas mula sa mga tagapagsilbi ni haring Noe, ay nagsisi ng kanyang mga kasalanan at kasamaan, at humayo nang palihim sa mga tao, at nagsimulang ituro ang mga salita ni Abinadi—
- 2 Oo, hinggil doon sa kung alin ay darating, at hinggil din sa pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, at ang pagtubos sa mga tao, na maisasakaturapan sa pamamagitan ng kapangyarihan, at mga pagdurusa, at pagkamatay ni Cristo, at ang kanyang pagkabuhay na mag-uli at pag-akyat sa langit.
- 3 At kasindami ng nakikinig sa kanyang salita ay tinuruan niya. At kanya silang tinuruan nang palihim, upang ito ay hindi makarating sa kaalaman ng hari. At marami ang naniwala sa kanyang mga salita.
- 4 At ito ay nangyari na, na kasindami ng naniwala sa kanya ay nagsitungo sa isang lugar na tinawag na Mormon, matapos tanggapin ang pangalang iyon mula sa hari, na nasa mga hangganan ng lupain na pinamumugaran, sa mga kapanahunan o sa mga panahon, ng mababangis na hayop.
- 5 Ngayon, sa Mormon ay may isang bukal ng dalisay na tubig, at dito nagtungo si Alma, doon sa malapit sa kasukalan ng maliliit na puno, kung saan niya itinatago ang sarili sa araw mula sa paghahanap ng hari.
- 6 At ito ay nangyari na, na kasindami ng naniwala sa kanya ay nagtungo roon upang makinig sa kanyang mga salita.
- 7 At ito ay nangyari na, na matapos ang maraming araw ay may di mumunting bilang ang nagtipong magkakasama sa lugar ng Mormon, upang makinig sa mga salita ni Alma. Oo, sama-samang nagtipong lahat ang naniniwala sa kanyang salita, upang makinig sa kanya. At sila ay tinuruan niya, at ipinangaral sa kanila ang pagsisisi, at pagtubos, at pananampalataya sa Panginoon.

## Mosiah 18

And now, it came to pass that Alma, who had fled from the servants of king Noah, repented of his sins and iniquities, and went about privately among the people, and began to teach the words of Abinadi—

Yea, concerning that which was to come, and also concerning the resurrection of the dead, and the redemption of the people, which was to be brought to pass through the power, and sufferings, and death of Christ, and his resurrection and ascension into heaven.

And as many as would hear his word he did teach. And he taught them privately, that it might not come to the knowledge of the king. And many did believe his words.

And it came to pass that as many as did believe him did go forth to a place which was called Mormon, having received its name from the king, being in the borders of the land having been infested, by times or at seasons, by wild beasts.

Now, there was in Mormon a fountain of pure water, and Alma resorted thither, there being near the water a thicket of small trees, where he did hide himself in the daytime from the searches of the king.

And it came to pass that as many as believed him went thither to hear his words.

And it came to pass after many days there were a goodly number gathered together at the place of Mormon, to hear the words of Alma. Yea, all were gathered together that believed on his word, to hear him. And he did teach them, and did preach unto them repentance, and redemption, and faith on the Lord.

8 At ito ay nangyari na, na kanyang sinabi sa kanila: Masdan, narito ang mga tubig ng Mormon (sapagkat sa gayon ang mga yaon ay tinawag) at ngayon, yamang kayo ay nagnanais na lumapit sa kawan ng Diyos, at matawag na kanyang mga tao, at nahahandang magpasan ng pasanin ng isa't isa, nang ang mga yaon ay gumaan.

9 Oo, at nahahandang makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati, oo, at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw, at tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar kung saan kayo ay maaaring naroroon, maging hanggang kamatayan, nang kayo ay matubos ng Diyos, at mapabilang sa kanila sa unang pagkabuhay na mag-uli, nang kayo ay magkaroon ng buhay na walang hanggan—

10 Ngayon, sinasabi ko sa inyo, kung ito ang naisin ng inyong mga puso, ano ang mayroon kayo laban sa pagpapabinyag sa pangalan ng Panginoon, bilang saksi sa harapan niya na kayo ay nakikipagtipan sa kanya, na siya ay inyong paglilingkuran at susundin ang kanyang mga kautusan, nang kanyang ibuhos nang higit na masagana ang kanyang Espiritu sa inyo?

11 At ngayon, nang marinig ng mga tao ang mga salitang ito, ipinalakpak nila ang kanilang mga kamay sa kagalakan, at nagbulalas: Ito ang mga naisin ng aming mga puso.

12 At ngayon ito ay nangyari na, na kinuha ni Alma si Helam, siya na isa sa nauna, at nagtungo at tumayo sa tubig, at nagsumamo, sinasabing: O Panginoon, ibuhos ninyo ang inyong Espiritu sa inyong tagapaglingkod, nang kanyang magawa ang gawaing ito nang may kabanalan ng puso.

13 At nang sabihin niya ang mga salitang ito, ang Espiritu ng Panginoon ay napasakanya, at kanyang sinabi: Helam, binibinyagan kita, bilang may karapatan mula sa Pinakamakapangyarihang Diyos, bilang patotoo na ikaw ay nakikipagtipang maglilingkod sa kanya hanggang sa ikaw ay mamatay sa katawang mortal; at nawa ang Espiritu ng Panginoon ay ibuhos sa iyo; at nawa ay igawad niya sa iyo ang buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ng pagtubos ni Cristo, na kanyang inihanda mula pa sa pagkakatatag ng daigdig.

And it came to pass that he said unto them: Behold, here are the waters of Mormon (for thus were they called) and now, as ye are desirous to come into the fold of God, and to be called his people, and are willing to bear one another's burdens, that they may be light;

Yea, and are willing to mourn with those that mourn; yea, and comfort those that stand in need of comfort, and to stand as witnesses of God at all times and in all things, and in all places that ye may be in, even until death, that ye may be redeemed of God, and be numbered with those of the first resurrection, that ye may have eternal life—

Now I say unto you, if this be the desire of your hearts, what have you against being baptized in the name of the Lord, as a witness before him that ye have entered into a covenant with him, that ye will serve him and keep his commandments, that he may pour out his Spirit more abundantly upon you?

And now when the people had heard these words, they clapped their hands for joy, and exclaimed: This is the desire of our hearts.

And now it came to pass that Alma took Helam, he being one of the first, and went and stood forth in the water, and cried, saying: O Lord, pour out thy Spirit upon thy servant, that he may do this work with holiness of heart.

And when he had said these words, the Spirit of the Lord was upon him, and he said: Helam, I baptize thee, having authority from the Almighty God, as a testimony that ye have entered into a covenant to serve him until you are dead as to the mortal body; and may the Spirit of the Lord be poured out upon you; and may he grant unto you eternal life, through the redemption of Christ, whom he has prepared from the foundation of the world.

14 At matapos sabihin ni Alma ang mga salitang ito, kapwa sina Alma at Helam ay nalibing sa tubig; at sila ay tumayo at umahon mula sa tubig na nagagalak, sapagkat napuspos ng Espiritu.

15 At muli, dinala ni Alma ang isa pa, at nagtungo sa ikalawang pagkakataon sa tubig, at bininyagan siya alinsunod sa nauna, lamang ay hindi niya inilubog na muli ang kanyang sarili sa tubig.

16 At sa ganitong pamamaraan kanyang bininyagan ang bawat isa na nagtungo sa lugar ng Mormon; at sila ay may bilang na mga dalawang daan at apat na katao; oo, at sila ay bininyagan sa mga tubig ng Mormon, at napuspos ng biyaya ng Diyos.

17 At sila ay tinawag na simbahan ng Diyos, o ang simbahan ni Cristo, mula sa panahong yaon. At ito ay nangyari na, na sinuman ang nabinyagan sa pamamagitan ng kapangyarihan at karapatan ng Diyos ay idinagdag sa kanyang simbahan.

18 At ito ay nangyari na, na si Alma, sapagkat may karapatan mula sa Diyos, ay nag-orden ng mga saserdote; maging isang saserdote sa bawat limampu ng kanilang bilang ay kanyang inordenan na mangaral sa kanila, at na turuan sila ng hinggil sa mga bagay na nauukol sa kaharian ng Diyos.

19 At sila ay inutusan nila na sila ay walang dapat ituro maliban sa mga bagay na kanyang itinuro, at kung alin ay sinabi ng bibig ng mga banal na propeta.

20 Oo, maging siya ay nag-utos sa kanila na wala silang dapat ipangaral maliban sa pagsisisi at pananampalataya sa Panginoon, na siyang tumubos sa kanyang mga tao.

21 At sila ay inutusan niya na hindi nararapat na magkaroon ng pakikipag-alitan sa isa't isa, sa halip sila ay tumingin sa iisang layunin, na may iisang pananampalataya at iisang binyag, na ang kanilang mga puso ay magkakasama sa pagkakaisa at sa pag-ibig sa isa't isa.

22 At sa gayon niya sila inutusang mangaral. At sa gayon sila naging mga anak ng Diyos.

23 At sila ay inutusan niya na nararapat nilang sundin ang araw ng sabbath, at ito ay panatilihing banal, at gayundin, bawat araw sila ay nararapat magbigay-pasalamat sa Panginoon nilang Diyos.

And after Alma had said these words, both Alma and Helam were buried in the water; and they arose and came forth out of the water rejoicing, being filled with the Spirit.

And again, Alma took another, and went forth a second time into the water, and baptized him according to the first, only he did not bury himself again in the water.

And after this manner he did baptize every one that went forth to the place of Mormon; and they were in number about two hundred and four souls; yea, and they were baptized in the waters of Mormon, and were filled with the grace of God.

And they were called the church of God, or the church of Christ, from that time forward. And it came to pass that whosoever was baptized by the power and authority of God was added to his church.

And it came to pass that Alma, having authority from God, ordained priests; even one priest to every fifty of their number did he ordain to preach unto them, and to teach them concerning the things pertaining to the kingdom of God.

And he commanded them that they should teach nothing save it were the things which he had taught, and which had been spoken by the mouth of the holy prophets.

Yea, even he commanded them that they should preach nothing save it were repentance and faith on the Lord, who had redeemed his people.

And he commanded them that there should be no contention one with another, but that they should look forward with one eye, having one faith and one baptism, having their hearts knit together in unity and in love one towards another.

And thus he commanded them to preach. And thus they became the children of God.

And he commanded them that they should observe the sabbath day, and keep it holy, and also every day they should give thanks to the Lord their God.

24 At sila ay kanya ring inutusan na ang mga saserdote na kanyang inordenan ay nararapat na gumawa sa pamamagitan ng sarili nilang mga kamay para sa kanilang panustos.

25 At may isang araw na itinakda sa bawat linggo na nararapat silang magtipun-tipong magkakasama upang turuan ang mga tao, at upang sambahin ang Panginoon nilang Diyos, at gayundin, maging kasindalas ng kanilang kakayahan, ay tipunin ang kanilang sarili nang magkakasama.

26 At ang mga saserdote ay hindi dapat umasa sa mga tao para sa kanilang panustos; kundi sa kanilang gawain sila ay tatanggap ng biyaya ng Diyos, upang sila ay lumakas sa Espiritu, na may kaalaman tungkol sa Diyos, nang sila ay makapagturo nang may kapangyarihan at karapatan mula sa Diyos.

27 At muli, inutusan ni Alma na ang mga tao ng simbahan ay nararapat ibahagi ang kanilang kabuhayan, bawat isa alinsunod sa kung gaano ang nasa kanya; kung siya ay higit na nakasagana ay nararapat siyang mamahagi nang sagana; at siya na mayroon subalit kakaunti, kaunti lamang ang hinihingi; at siya na wala ay nararapat na bigyan.

28 At sa gayon dapat nilang ibahagi ang kanilang kabuhayan sa kanilang sariling kalooban at mabubuting layunin sa Diyos, at doon sa mga saserdote na nangangailangan, oo, at sa bawat hubad na taong nangangailangan.

29 At ito ang sinabi niya sa kanila, bilang inutusan ng Diyos; at sila ay lumakad nang matwid sa harapan ng Diyos, nagbabahagi sa isa't isa kapwa pang-temporal at pang-espirituwal alinsunod sa kanilang mga pangangailangan at kanilang mga kakulangan.

30 At ngayon ito ay nangyari na, na ang lahat ng ito ay naganap sa Mormon, oo, sa mga tubig ng Mormon, sa kagubatan na malapit sa mga tubig ng Mormon; oo, ang lugar ng Mormon, ang mga tubig ng Mormon, ang kagubatan ng Mormon, anong ganda nito sa mga mata nila na nakarating sa kaalaman ng kanilang Manunubos, oo, at labis silang pinagpala, sapagkat sila ay aawit ng papuri sa kanya magpakailanman.

31 At ang mga bagay na ito ay naganap sa mga hangganan ng lupain, upang ang mga yaon ay hindi makarating sa kaalaman ng hari.

And he also commanded them that the priests whom he had ordained should labor with their own hands for their support.

And there was one day in every week that was set apart that they should gather themselves together to teach the people, and to worship the Lord their God, and also, as often as it was in their power, to assemble themselves together.

And the priests were not to depend upon the people for their support; but for their labor they were to receive the grace of God, that they might wax strong in the Spirit, having the knowledge of God, that they might teach with power and authority from God.

And again Alma commanded that the people of the church should impart of their substance, every one according to that which he had; if he have more abundantly he should impart more abundantly; and of him that had but little, but little should be required; and to him that had not should be given.

And thus they should impart of their substance of their own free will and good desires towards God, and to those priests that stood in need, yea, and to every needy, naked soul.

And this he said unto them, having been commanded of God; and they did walk uprightly before God, imparting to one another both temporally and spiritually according to their needs and their wants.

And now it came to pass that all this was done in Mormon, yea, by the waters of Mormon, in the forest that was near the waters of Mormon; yea, the place of Mormon, the waters of Mormon, the forest of Mormon, how beautiful are they to the eyes of them who there came to the knowledge of their Redeemer; yea, and how blessed are they, for they shall sing to his praise forever.

And these things were done in the borders of the land, that they might not come to the knowledge of the king.



32 Ngunit masdan ito ay nangyari na, na ang hari, sapagkat natuklasan ang isang kilusan sa mga tao, ay isinugo ang kanyang mga tagapagsilbi upang sila ay manmanan. Kaya nga, sa araw na sila ay nagtitipong magkakasama upang makinig ng salita ng Panginoon sila ay natuklasan ng hari.

33 At ngayon sinabi ng hari na pinupukaw ni Alma ang mga tao na maghimagsik laban sa kanya; samakatwid, ipinadala niya ang kanyang hukbo upang sila ay lipulin.

34 At ito ay nangyari na, na si Alma at ang mga tao ng Panginoon ay binigyang-babala tungkol sa pagdating ng hukbo ng hari; kaya nga, kinuha nila ang kanilang mga tolda at ang kanilang mga mag-anak at lumisan patungo sa ilang.

35 At sila ay may bilang na mga apat na raan at limampung katao.

But behold, it came to pass that the king, having discovered a movement among the people, sent his servants to watch them. Therefore on the day that they were assembling themselves together to hear the word of the Lord they were discovered unto the king.

And now the king said that Alma was stirring up the people to rebellion against him; therefore he sent his army to destroy them.

And it came to pass that Alma and the people of the Lord were apprised of the coming of the king's army; therefore they took their tents and their families and departed into the wilderness.

And they were in number about four hundred and fifty souls.

## Mosiah 19

- 1 At ito ay nangyari na, na ang hukbo ng hari ay bumalik, na walang saysay na naghanap sa mga tao ng Panginoon.
- 2 At ngayon masdan, ang hukbo ng hari ay maliit, dahil sa pagkakabawas, at nagsimulang magkaroon ng pagkakahati-hati sa mga taong nalalabi.
- 3 At ang kakaunting bahagi ay nagsimulang mangusap ng pagbabanta laban sa hari, at nagsimulang magkaroon ng malaking alitan sa kanila.
- 4 At ngayon, may isang lalaki sa kanila na ang pangalan ay Gedeon, at siya ay isang malakas na lalaki at kaaway ng hari, samakatwid, hinugot niya ang kanyang espada, at sumumpa sa kanyang kapootan na papatayin niya ang hari.
- 5 At ito ay nangyari na, na nakipaglaban siya sa hari; at nang nakita ng hari na malapit na siyang madaig nito, tumakas siya at tumakbo at nakarating sa tore na malapit sa templo.
- 6 At tinugis siya ni Gedeon at paroroon na sa tore upang patayin ang hari, at iginala ng hari ang kanyang mga paningin sa paligid sa may dakong lupain ng Semlon, at masdan, nasa mga hangganan na ng lupain ang hukbo ng mga Lamanita.
- 7 At ngayon ang hari ay nagsumamo sa pagdadalamhati ng kanyang kaluluwa, sinasabing: Gedeon, kaawaan ako, sapagkat ang mga Lamanita ay sumasalakay sa atin, at kanila tayong lilipulin; oo, lilipulin nila ang aking mga tao.
- 8 At ngayon, ang hari ay hindi gaanong nagpapahalaga sa kanyang mga tao na tulad ng pagpapahalaga niya sa kanyang sariling buhay; gayon pa man, hindi kinitil ni Gedeon ang kanyang buhay.
- 9 At inutusan ng hari ang mga tao na magsitakas mula sa mga Lamanita, at siya na rin ang nanguna sa kanila, at tumakas sila patungo sa ilang, kasama ang kanilang kababaihan at ang kanilang mga anak.
- 10 At ito ay nangyari na, na tinugis sila ng mga Lamanita, at inabutan sila, at nagsimulang patayin sila.

## Mosiah 19

And it came to pass that the army of the king returned, having searched in vain for the people of the Lord.

And now behold, the forces of the king were small, having been reduced, and there began to be a division among the remainder of the people.

And the lesser part began to breathe out threatenings against the king, and there began to be a great contention among them.

And now there was a man among them whose name was Gideon, and he being a strong man and an enemy to the king, therefore he drew his sword, and swore in his wrath that he would slay the king.

And it came to pass that he fought with the king; and when the king saw that he was about to overpower him, he fled and ran and got upon the tower which was near the temple.

And Gideon pursued after him and was about to get upon the tower to slay the king, and the king cast his eyes round about towards the land of Shemlon, and behold, the army of the Lamanites were within the borders of the land.

And now the king cried out in the anguish of his soul, saying: Gideon, spare me, for the Lamanites are upon us, and they will destroy us; yea, they will destroy my people.

And now the king was not so much concerned about his people as he was about his own life; nevertheless, Gideon did spare his life.

And the king commanded the people that they should flee before the Lamanites, and he himself did go before them, and they did flee into the wilderness, with their women and their children.

And it came to pass that the Lamanites did pursue them, and did overtake them, and began to slay them.

- 11 Ngayon ito ay nangyari na, na ang hari ay nag-utos sa kanila na ang lahat ng lalaki ay nararapat iwanan ang kanilang mga asawa at kanilang mga anak, at magsitakas sa harapan ng mga Lamanita.
- 12 Ngayon, marami ang tumangging iwanan sila, kundi minabuting manatili at masawing kasama nila. At iniwanan ng mga nalalabi ang kanilang mga asawa at kanilang mga anak at nagsitakas.
- 13 At ito ay nangyari na, na yaong mga nanatiling kasama ang kanilang mga asawa at kanilang mga anak ay inutusan ang kanilang magagandang anak na babae na humarap at magmakaawa sa mga Lamanita na huwag silang patayin.
- 14 At ito ay nangyari na, na ang mga Lamanita ay nahabag sa kanila, sapagkat sila ay nahalina sa kagandahan ng kababaihan nila.
- 15 Kaya nga, ang mga buhay nila ay hindi kinitil ng mga Lamanita, at dinala silang mga bihag at ibinalik sila sa lupain ng Nephi, at pinahintulutan sila na maangkin nila ang lupain, sa ilalim ng kasunduan na kanilang ibibigay si haring Noe sa mga kamay ng mga Lamanita, at ibigay ang kanilang mga ari-arian maging kalahati ng lahat ng kanilang pag-aari, kalahati ng kanilang ginto, at kanilang pilak, at lahat ng kanilang mahahalagang bagay, at sa gayon nararapat na magbayad sila ng buwis sa hari ng mga Lamanita taun-taon.
- 16 At ngayon, may isang anak na lalaki ang hari na nakasama sa mga yaong nadalang bihag, na ang pangalan ay Limhi.
- 17 At ngayon ninais ni Limhi na ang kanyang ama ay hindi mamatay; gayon pa man, hindi kaila kay Limhi ang mga kasamaan ng kanyang ama, siya rin na isang makatarungang lalaki.
- 18 At ito ay nangyari na, na si Gedeon ay lihim na nagpadala ng mga tauhan sa ilang, upang hanapin ang hari at yaong mga kasama niya. At ito ay nangyari na, na nakasalubong nila sa ilang ang mga tao, lahat maliban sa hari at sa kanyang mga saserdote.
- 19 At ngayon sila ay nangako sa kanilang mga puso na sila ay magbabalik sa lupain ng Nephi, at kung ang kanilang mga asawa at kanilang mga anak ay napatay, at gayon din yaong mga sumama sa kanila, na sila ay maghahangad na maghiganti, at masawi rin na tulad nila.

Now it came to pass that the king commanded them that all the men should leave their wives and their children, and flee before the Lamanites.

Now there were many that would not leave them, but had rather stay and perish with them. And the rest left their wives and their children and fled.

And it came to pass that those who tarried with their wives and their children caused that their fair daughters should stand forth and plead with the Lamanites that they would not slay them.

And it came to pass that the Lamanites had compassion on them, for they were charmed with the beauty of their women.

Therefore the Lamanites did spare their lives, and took them captives and carried them back to the land of Nephi, and granted unto them that they might possess the land, under the conditions that they would deliver up king Noah into the hands of the Lamanites, and deliver up their property, even one half of all they possessed, one half of their gold, and their silver, and all their precious things, and thus they should pay tribute to the king of the Lamanites from year to year.

And now there was one of the sons of the king among those that were taken captive, whose name was Limhi.

And now Limhi was desirous that his father should not be destroyed; nevertheless, Limhi was not ignorant of the iniquities of his father, he himself being a just man.

And it came to pass that Gideon sent men into the wilderness secretly, to search for the king and those that were with him. And it came to pass that they met the people in the wilderness, all save the king and his priests.

Now they had sworn in their hearts that they would return to the land of Nephi, and if their wives and their children were slain, and also those that had tarried with them, that they would seek revenge, and also perish with them.

20 At inutusan sila ng hari na hindi sila dapat magbalik; at sila ay nagalit sa hari, at pinapangyari na siya ay magdusa, maging ng kamatayan sa pamamagitan ng apoy.

21 At darakpin na rin sana nila ang mga saserdote at sila ay papatayin, at sila ay nagsitakas mula sa harapan nila.

22 At ito ay nangyari na, na sila ay nakahanda nang bumalik sa lupain ng Nephi, at nakasalubong nila ang mga tauhan ni Gedeon. At ipinaalam sa kanila ng mga tauhan ni Gedeon ang lahat ng nangyari sa kanilang mga asawa at kanilang mga anak; at na ang mga Lamanita ay nagpahintulot sa kanila na maangkin nila ang lupain sa pamamagitan ng pagbabayad ng buwis sa mga Lamanita ng kalahati ng kanilang mga pag-aari.

23 At sinabi ng mga tao sa mga tauhan ni Gedeon na kanilang pinatay ang hari, at ang kanyang mga saserdote ay nagsitakas mula sa kanila papalayo sa ilang.

24 At ito ay nangyari na, na matapos nilang tapusin ang pagdiriwang, na nagbalik sila sa lupain ng Nephi, na nagsasaya, sapagkat ang kanilang mga asawa at kanilang mga anak ay hindi napatay; at sinabi nila kay Gedeon kung ano ang kanilang ginawa sa hari.

25 At ito ay nangyari na, na ang hari ng mga Lamanita ay nanumpa sa kanila, na hindi sila papatayin ng kanyang mga tao.

26 At gayon din si Limhi, na siyang anak ng hari, na ginawaran ng kaharian ng mga tao, ay nanumpa sa hari ng mga Lamanita na ang kanyang mga tao ay magbabayad ng buwis sa kanya, maging kalahati ng lahat ng kanilang pag-aari.

27 At ito ay nangyari na, na sinimulang patatagin ni Limhi ang kaharian at ipalaganap ang kapayapaan sa kanyang mga tao.

28 At ang hari ng mga Lamanita ay naglagay ng mga bantay sa palibot ng lupain, upang kanyang mapanatili ang mga tao ni Limhi sa lupain, upang hindi sila makalisan patungong ilang; at tinustusan niya ang kanyang mga bantay mula sa buwis na tinatanggap niya mula sa mga Nephita.

And the king commanded them that they should not return; and they were angry with the king, and caused that he should suffer, even unto death by fire.

And they were about to take the priests also and put them to death, and they fled before them.

And it came to pass that they were about to return to the land of Nephi, and they met the men of Gideon. And the men of Gideon told them of all that had happened to their wives and their children; and that the Lamanites had granted unto them that they might possess the land by paying a tribute to the Lamanites of one half of all they possessed.

And the people told the men of Gideon that they had slain the king, and his priests had fled from them farther into the wilderness.

And it came to pass that after they had ended the ceremony, that they returned to the land of Nephi, rejoicing, because their wives and their children were not slain; and they told Gideon what they had done to the king.

And it came to pass that the king of the Lamanites made an oath unto them, that his people should not slay them.

And also Limhi, being the son of the king, having the kingdom conferred upon him by the people, made oath unto the king of the Lamanites that his people should pay tribute unto him, even one half of all they possessed.

And it came to pass that Limhi began to establish the kingdom and to establish peace among his people.

And the king of the Lamanites set guards round about the land, that he might keep the people of Limhi in the land, that they might not depart into the wilderness; and he did support his guards out of the tribute which he did receive from the Nephites.

29 At ngayon si haring Limhi ay nagkaroon ng patuloy na kapayapaan sa kanyang kaharian sa loob ng dalawang taon, na hindi sila niligalig ng mga Lamanita, ni hinangad na lipulin sila.

And now king Limhi did have continual peace in his kingdom for the space of two years, that the Lamanites did not molest them nor seek to destroy them.

## Mosiah 20

- 1 Ngayon may isang lugar sa Semlon kung saan ang mga anak na babae ng mga Lamanita ay tinitipon ang kanilang sarili na magkakasama upang umawit, at upang sumayaw, at upang pasayahin ang kanilang sarili.
- 2 At ito ay nangyari na, na isang araw ay may maliit na bilang nila ang nagtipong magkakasama upang umawit at sumayaw.
- 3 At ngayon, ang mga saserdote ni haring Noe, na nangahihiya nang bumalik sa lunsod ng Nephi, oo, at natatakot din na baka sila patayin ng mga tao, samakatwid, sila ay hindi nangahas bumalik sa kanilang mga asawa at kanilang mga anak.
- 4 At sa pamamalagi sa ilang, at sa pagkakatuklas sa mga anak ng mga Lamanita, sila ay nagsidapa at pinagmasdan sila.
- 5 At nang kakaunti lamang sila na sama-samang nagtipon upang magsayawan, sila ay lumabas mula sa kanilang mga lihim na taguan at dinukot sila at dinala sila patungo sa ilang; oo, dalawampu at apat sa mga anak ng mga Lamanita ang kanilang dinala sa ilang.
- 6 At ito ay nangyari na, nang matuklasan ng mga Lamanita na ang kanilang mga anak ay nawawala, nagalit sila sa mga tao ni Limhi, sapagkat inakala nilang kagagawan ito ng mga tao ni Limhi.
- 7 Kaya nga, ipinadala nila ang kanilang mga hukbo; oo, maging ang hari na rin ang nanguna sa kanyang mga tao; at umahon sila sa lupain ng Nephi upang lipulin ang mga tao ni Limhi.
- 8 At ngayon, natuklasan sila ni Limhi mula sa tore, maging lahat ng kanilang mga paghahanda sa pakikidigma ay kanyang natuklasan; samakatwid, kinalap niya ang kanyang mga tao, at naghintay sa kanila sa kabukiran at sa kagubatan.
- 9 At ito ay nangyari na, nang dumating ang mga Lamanita, ang mga tao ni Limhi ay nagsimulang sumalakay mula sa kanilang mga lugar na pinaghihintayan, at nagsimulang patayin sila.
- 10 At ito ay nangyari na, na ang labanan ay naging malubha, sapagkat naglaban sila ng tulad sa mga leon para sa kanilang biktima.

## Mosiah 20

Now there was a place in Shemlon where the daughters of the Lamanites did gather themselves together to sing, and to dance, and to make themselves merry.

And it came to pass that there was one day a small number of them gathered together to sing and to dance.

And now the priests of king Noah, being ashamed to return to the city of Nephi, yea, and also fearing that the people would slay them, therefore they durst not return to their wives and their children.

And having tarried in the wilderness, and having discovered the daughters of the Lamanites, they laid and watched them;

And when there were but few of them gathered together to dance, they came forth out of their secret places and took them and carried them into the wilderness; yea, twenty and four of the daughters of the Lamanites they carried into the wilderness.

And it came to pass that when the Lamanites found that their daughters had been missing, they were angry with the people of Limhi, for they thought it was the people of Limhi.

Therefore they sent their armies forth; yea, even the king himself went before his people; and they went up to the land of Nephi to destroy the people of Limhi.

And now Limhi had discovered them from the tower, even all their preparations for war did he discover; therefore he gathered his people together, and laid wait for them in the fields and in the forests.

And it came to pass that when the Lamanites had come up, that the people of Limhi began to fall upon them from their waiting places, and began to slay them.

And it came to pass that the battle became exceedingly sore, for they fought like lions for their prey.

- 11 At ito ay nangyari na, na nagsimulang maitaboy ng mga tao ni Limhi ang mga Lamanita mula sa harapan nila; gayon man, wala sila sa kalahati ng dami ng mga Lamanita. Subalit nakipaglaban sila para sa kanilang mga buhay, at para sa kanilang mga asawa, at para sa kanilang mga anak; anupa't nagsumikap sila at tulad ng mga dragon sila ay nakipaglaban.
- 12 At ito ay nangyari na, na natagpuan nila ang hari ng mga Lamanita sa bilang ng kanilang mga patay; gayon pa man, siya ay hindi patay, nasugatan lamang at naiwan sa lupa, napakabilis ng naging pagtakas ng kanyang mga tao.
- 13 At kanilang kinuha siya at binendahan ang kanyang mga sugat, at dinala siya sa harapan ni Limhi, at sinabi: Masdan, narito ang hari ng mga Lamanita; siya na nagtamo ng sugat ay nabuwal sa kanilang mga patay, at kanilang iniwan siya; at masdan, dinala namin siya sa iyong harapan; at ngayon, atin siyang patayin.
- 14 Subalit sinabi sa kanila ni Limhi: Hindi ninyo siya papatayin, kundi ilapit siya rito upang makaharap ko siya. At kanilang dinala siya. At sinabi sa kanya ni Limhi: Ano ang dahilan upang makidigma kayo laban sa mga tao ko? Masdan, ang mga tao ko ay hindi sumira sa sumpang aking ginawa sa inyo; kaya nga, bakit ninyo kailangang sirain ang sumpang inyong ginawa sa aking mga tao?
- 15 At ngayon sinabi ng hari: Sinira ko ang sumpa sapagkat tinangay ng iyong mga tao ang mga anak na babae ng aking mga tao; kaya nga, sa aking galit ay pinapangyari ko na ang aking mga tao ay makidigma laban sa iyong mga tao.
- 16 At ngayon, si Limhi ay walang nalalaman hinggil sa bagay na ito; samakatwid, kanyang sinabi: Maghahanap ako sa aking mga tao, at sino man ang gumawa ng bagay na ito ay masasawi. Anupa't pinapangyari niyang magkaroon ng paghahanap sa kanyang mga tao.
- 17 Ngayon, nang marinig ni Gedeon ang mga bagay na ito, siya na isang kapitan ng hari, nagsadya siya at sinabi sa hari: Isinasamo ko sa inyo na magpakahinahon, at huwag hanapan ang mga taong ito, at huwag iparatang ang mga bagay na ito sa kanila.

And it came to pass that the people of Limhi began to drive the Lamanites before them; yet they were not half so numerous as the Lamanites. But they fought for their lives, and for their wives, and for their children; therefore they exerted themselves and like dragons did they fight.

And it came to pass that they found the king of the Lamanites among the number of their dead; yet he was not dead, having been wounded and left upon the ground, so speedy was the flight of his people.

And they took him and bound up his wounds, and brought him before Limhi, and said: Behold, here is the king of the Lamanites; he having received a wound has fallen among their dead, and they have left him; and behold, we have brought him before you; and now let us slay him.

But Limhi said unto them: Ye shall not slay him, but bring him hither that I may see him. And they brought him. And Limhi said unto him: What cause have ye to come up to war against my people? Behold, my people have not broken the oath that I made unto you; therefore, why should ye break the oath which ye made unto my people?

And now the king said: I have broken the oath because thy people did carry away the daughters of my people; therefore, in my anger I did cause my people to come up to war against thy people.

And now Limhi had heard nothing concerning this matter; therefore he said: I will search among my people and whosoever has done this thing shall perish. Therefore he caused a search to be made among his people.

Now when Gideon had heard these things, he being the king's captain, he went forth and said unto the king: I pray thee forbear, and do not search this people, and lay not this thing to their charge.

- 18 Sapagkat hindi ba ninyo naaalaala ang mga saserdote ng inyong ama, sila na pinaghangarang lipulin ng mga taong ito? At hindi ba't nasa ilang sila? At hindi kaya sila yaong mga dumukot sa mga anak ng mga Lamanita?
- 19 At ngayon, masdan, at sabihin sa hari ang mga bagay na ito, upang masabi niya sa kanyang mga tao nang mapapayapa sila sa atin; sapagkat masdan, naghahanda na sila na sumalakay sa atin; at masdan din, kakaunti na lamang tayo.
- 20 At masdan, darating silang kasama ang kanilang napakalaking hukbo; at maliban kung mapapayapa sila ng hari sa atin, tayo ay tiyak na masasawi.
- 21 Sapagkat hindi ba't natupad na ang mga salita ni Abinadi, na kanyang iprinopesiya laban sa atin—at lahat ng ito ay dahil ayaw nating pakinggan ang mga salita ng Panginoon, at talikuran ang ating mga kasamaan?
- 22 At ngayon ating papayapain ang hari, at ating tutuparin ang sumpang ating ginawa sa kanya; sapagkat higit na mabuti na tayo ay nasa pagkaalipin kaysa sa mawalan tayo ng buhay; samakatwid, ating itigil ang pagdanak ng maraming dugo.
- 23 At ngayon sinabi ni Limhi sa hari ang lahat ng bagay hinggil sa kanyang ama, at sa mga saserdoteng nagsitakas sa ilang, at ipinalagay ang pagkakatangay ng kanilang mga anak sa kanila.
- 24 At ito ay nangyari na, na napapayapa ang hari sa kanyang mga tao; at kanyang sinabi sa kanila: Tayo nang humayo upang salubungin ang aking mga tao, nang walang sandata; at ipinangangako ko sa inyo lakip ang isang sumpa na hindi papatayin ng aking mga tao ang inyong mga tao.
- 25 At ito ay nangyari na, na sinunod nila ang hari, at humayo upang salubungin ang mga Lamanita nang walang sandata. At ito ay nangyari na, na kanilang sinalubong ang mga Lamanita; at ang hari ng mga Lamanita ay yumukod sa kanilang harapan; at nagmakaawa para sa kapakanan ng mga tao ni Limhi.
- 26 At nang makita ng mga Lamanita ang mga tao ni Limhi, na wala silang dalang mga sandata, nahabag sila sa kanila at napapayapa sila, at bumalik nang mapayapa kasama ang kanilang hari sa sarili nilang lupain.

For do ye not remember the priests of thy father, whom this people sought to destroy? And are they not in the wilderness? And are not they the ones who have stolen the daughters of the Lamanites?

And now, behold, and tell the king of these things, that he may tell his people that they may be pacified towards us; for behold they are already preparing to come against us; and behold also there are but few of us.

And behold, they come with their numerous hosts; and except the king doth pacify them towards us we must perish.

For are not the words of Abinadi fulfilled, which he prophesied against us—and all this because we would not hearken unto the words of the Lord, and turn from our iniquities?

And now let us pacify the king, and we fulfil the oath which we have made unto him; for it is better that we should be in bondage than that we should lose our lives; therefore, let us put a stop to the shedding of so much blood.

And now Limhi told the king all the things concerning his father, and the priests that had fled into the wilderness, and attributed the carrying away of their daughters to them.

And it came to pass that the king was pacified towards his people; and he said unto them: Let us go forth to meet my people, without arms; and I swear unto you with an oath that my people shall not slay thy people.

And it came to pass that they followed the king, and went forth without arms to meet the Lamanites. And it came to pass that they did meet the Lamanites; and the king of the Lamanites did bow himself down before them, and did plead in behalf of the people of Limhi.

And when the Lamanites saw the people of Limhi, that they were without arms, they had compassion on them and were pacified towards them, and returned with their king in peace to their own land.



## Mosiah 21

- 1 At ito ay nangyari na, na si Limhi at ang kanyang mga tao ay bumalik sa lunsod ng Nephi, at muling nagsimulang mamuhay sa lupain nang mapayapa.
- 2 At ito ay nangyari na, na matapos ang maraming araw, ang mga Lamanita ay nagsimulang muling mapukaw sa galit laban sa mga Nephita, at nagsimula silang magtungo sa palibot ng mga hangganan ng lupain.
- 3 Ngayon, hindi sila nagtatangkang patayin sila, dahil sa sumpang ginawa ng kanilang hari kay Limhi; subalit kanilang sinasampal sila sa kanilang mga pisngi, at gumagamit ng kapangyarihan sa kanila; at nagsimulang magpataw ng mabibigat na pasanin sa kanilang mga likod, at itinataboy silang tulad ng isang maamong asno—
- 4 Oo, ang lahat ng ito ay naganap upang maisakatuparan ang salita ng Panginoon.
- 5 At ngayon, labis ang pagdurusa ng mga Nephita, at walang paraan upang mapalaya nila ang sarili sa kanilang mga kamay, sapagkat napalilibutan sila ng mga Lamanita sa lahat ng panig.
- 6 At ito ay nangyari na, na ang mga tao ay nagsimulang bumulung-bulong sa hari dahil sa kanilang mga paghihirap; at nagsimula silang maghangad na humayo laban sa kanila sa pakikidigma. At labis nilang binagabag ang hari ng kanilang mga daing; kaya nga, pinahintulutan niya silang gawin ang alinsunod sa kanilang mga naisin.
- 7 At muli nilang kinalap ang kanilang sarili, at isinuot ang kanilang baluti, at humayo laban sa mga Lamanita upang itaboy silang palabas ng kanilang lupain.
- 8 At ito ay nangyari na, na tinalo sila ng mga Lamanita, at naitaboy silang pabalik, at napatay ang marami sa kanila.
- 9 At ngayon, nagkaroon ng labis na pagdadalamhati at pananaghoy sa mga tao ni Limhi, ang balong babae ay nagdadalamhati dahil sa kanyang asawa, ang anak na lalaki at anak na babae ay nagdadalamhati dahil sa kanilang ama, at ang mga kapatid na lalaki dahil sa kanilang mga kapatid.

## Mosiah 21

And it came to pass that Limhi and his people returned to the city of Nephi, and began to dwell in the land again in peace.

And it came to pass that after many days the Lamanites began again to be stirred up in anger against the Nephites, and they began to come into the borders of the land round about.

Now they durst not slay them, because of the oath which their king had made unto Limhi; but they would smite them on their cheeks, and exercise authority over them; and began to put heavy burdens upon their backs, and drive them as they would a dumb ass—

Yea, all this was done that the word of the Lord might be fulfilled.

And now the afflictions of the Nephites were great, and there was no way that they could deliver themselves out of their hands, for the Lamanites had surrounded them on every side.

And it came to pass that the people began to murmur with the king because of their afflictions; and they began to be desirous to go against them to battle. And they did afflict the king sorely with their complaints; therefore he granted unto them that they should do according to their desires.

And they gathered themselves together again, and put on their armor, and went forth against the Lamanites to drive them out of their land.

And it came to pass that the Lamanites did beat them, and drove them back, and slew many of them.

And now there was a great mourning and lamentation among the people of Limhi, the widow mourning for her husband, the son and the daughter mourning for their father, and the brothers for their brethren.

- 10 Ngayon, nagkaroon ng napakaraming balo sa lupain, at nagpalahaw sila nang labis sa araw-araw, sapagkat nagkaroon sila ng labis na pagkatakot sa mga Lamanita.
- 11 At ito ay nangyari na, na ang kanilang patuloy na pagpalahaw ay pumukaw sa mga nalalabing tao ni Limhi na magalit laban sa mga Lamanita; at muli silang nakidigma, subalit muli silang naitaboy pabalik, na nagdusa ng malaking kawalan.
- 12 Oo, muli silang nakidigma, maging sa ikatlong pagkakataon, at nagdusa sa gayon ding paraan; at yaong mga hindi napatay ay muling bumalik sa lunsod ng Nephi.
- 13 At nagpakumbaba sila ng kanilang sarili maging hanggang sa alabok, ipinaubaya ang kanilang sarili sa singkaw ng pagkaalipin, ipinaubaya ang kanilang sarili na hampasin, at maitaboy nang paroo't parito, at pahirapan, alinsunod sa naisin ng kanilang mga kaaway.
- 14 At nagpakumbaba sila ng kanilang sarili maging sa kailaliman ng pagpapakumbaba; at mataimtim silang nagsumamo sa Diyos; oo, maging sa buong maghapon sila ay nagsumamo sa kanilang Diyos na kanya silang hanguin mula sa kanilang mga paghihirap.
- 15 At ngayon, ang Panginoon ay mabagal sa pakikinig sa kanilang pagsusumamo dahil sa kanilang mga kasamaan; gayon pa man, dininig ng Panginoon ang kanilang pagsusumamo, at nagsimulang palambutin ang mga puso ng mga Lamanita kung kaya't nagsimula nilang pagaanin ang kanilang mga pasanin; gayon man hindi pa minarapat ng Panginoon na palayain sila mula sa pagkaalipin.
- 16 At ito ay nangyari na, na nagsimula silang unti-unting umunlad sa lupain, at nagsimula silang magtanim ng higit na maraming butil, at mga kawan ng tupa, at mga baka, kung kaya't hindi sila nagdusa ng gutom.
- 17 Ngayon may malaking bilang ang kababaihan, higit pa sa kalalakihan; kaya nga, nag-utos si haring Limhi na bawat lalaki ay nararapat magbahagi para sa panustos ng mga balo at kanilang mga anak, upang hindi sila mamatay sa gutom; at kanila itong ginawa dahil sa kalakihan ng bilang ng mga napatay.

Now there were a great many widows in the land, and they did cry mightily from day to day, for a great fear of the Lamanites had come upon them.

And it came to pass that their continual cries did stir up the remainder of the people of Limhi to anger against the Lamanites; and they went again to battle, but they were driven back again, suffering much loss.

Yea, they went again even the third time, and suffered in the like manner; and those that were not slain returned again to the city of Nephi.

And they did humble themselves even to the dust, subjecting themselves to the yoke of bondage, submitting themselves to be smitten, and to be driven to and fro, and burdened, according to the desires of their enemies.

And they did humble themselves even in the depths of humility; and they did cry mightily to God; yea, even all the day long did they cry unto their God that he would deliver them out of their afflictions.

And now the Lord was slow to hear their cry because of their iniquities; nevertheless the Lord did hear their cries, and began to soften the hearts of the Lamanites that they began to ease their burdens; yet the Lord did not see fit to deliver them out of bondage.

And it came to pass that they began to prosper by degrees in the land, and began to raise grain more abundantly, and flocks, and herds, that they did not suffer with hunger.

Now there was a great number of women, more than there was of men; therefore king Limhi commanded that every man should impart to the support of the widows and their children, that they might not perish with hunger; and this they did because of the greatness of their number that had been slain.

- 18 Ngayon, ang mga tao ni Limhi ay nanatiling magkakasama sa iisang pangkat hangga't maaari, at pinangalagaan ang kanilang mga butil at kanilang mga kawan;
- 19 At ang hari rin ay hindi nagtiwala sa kanyang sarili sa labas ng mga muog ng lunsod, maliban kung kasama niya ang kanyang mga bantay, nangangamba na baka sa alinmang kaparaanan ay mahulog siya sa mga kamay ng mga Lamanita.
- 20 At pinapangyari niya na ang kanyang mga tao ay magbantay sa palibot ng lupain, upang sa alinmang kaparaanan ay madakip nila yaong mga saserdoteng tumakas patungo sa ilang, na siyang dumukot sa mga anak na babae ng mga Lamanita, at naging dahilan upang sumapit sa kanila ang gayon kalaking pagkawasak.
- 21 Sapagkat sila ay nagnais na madakip sila upang kanila silang maparusahan; sapagkat nagtutungo sila sa lupain ng Nephi sa gabi, at tinatangay ang kanilang mga butil at marami sa kanilang mahahalagang bagay; anupa't sila ay nag-abang sa kanila.
- 22 At ito ay nangyari na, na wala nang kaguluhang namagitan sa mga Lamanita at sa mga tao ni Limhi, maging hanggang sa panahong si Ammon at ang kanyang mga kapatid ay dumating sa lupain.
- 23 At ang hari na nasa labas ng pintuang-bayan ng lunsod kasama ang kanyang mga bantay, ay natagpuan si Ammon at ang kanyang mga kapatid; at sa pag-aakalang sila ang mga saserdote ni Noe, kaya nga, kanyang pinapangyari na sila ay dakpin, at igapos, at itapon sa bilangguan. At kung sila nga ang mga saserdote ni Noe ay kanya sanang ipinag-utos na sila ay patayin.
- 24 Subalit nang malaman niya na hindi sila yaon, kundi sila ang kanyang mga kapatid, at nagmula sa lupain ng Zarahemla, siya ay napuspos ng labis na kagalakan.
- 25 Ngayon nagpadala si haring Limhi, bago pa ang pagdating ni Ammon, ng maliit na bilang ng kalalakihan upang hanapin ang lupain ng Zarahemla; subalit hindi nila ito matagpuan, at nangaligaw sila sa ilang.

Now the people of Limhi kept together in a body as much as it was possible, and secured their grain and their flocks;

And the king himself did not trust his person without the walls of the city, unless he took his guards with him, fearing that he might by some means fall into the hands of the Lamanites.

And he caused that his people should watch the land round about, that by some means they might take those priests that fled into the wilderness, who had stolen the daughters of the Lamanites, and that had caused such a great destruction to come upon them.

For they were desirous to take them that they might punish them; for they had come into the land of Nephi by night, and carried off their grain and many of their precious things; therefore they laid wait for them.

And it came to pass that there was no more disturbance between the Lamanites and the people of Limhi, even until the time that Ammon and his brethren came into the land.

And the king having been without the gates of the city with his guard, discovered Ammon and his brethren; and supposing them to be priests of Noah therefore he caused that they should be taken, and bound, and cast into prison. And had they been the priests of Noah he would have caused that they should be put to death.

But when he found that they were not, but that they were his brethren, and had come from the land of Zarahemla, he was filled with exceedingly great joy.

Now king Limhi had sent, previous to the coming of Ammon, a small number of men to search for the land of Zarahemla; but they could not find it, and they were lost in the wilderness.

26 Gayon pa man, sila ay nakatuklas ng isang lupain na natirahan ng mga tao; oo, isang lupaing nababalot ng mga tuyong buto; oo, isang lupaing natirahan ng mga tao at mga nalipol; at sila, sa pag-aakalang ito ang lupain ng Zarahemla, ay nagbalik sa lupain ng Nephi, na nakarating sa mga hangganan ng lupain mga ilang araw bago ang pagdating ni Ammon.

27 At sila ay may dalang isang talaan, maging ang talaan ng mga tao na ang mga buto ay kanilang natagpuan; at ito ay nauukit sa mga lamina ng inang mina.

28 At ngayon, si Limhi ay muling napuspos ng kagalakan sa pagkakaalam mula sa bibig ni Ammon na si haring Mosias ay may isang kaloob mula sa Diyos, upang kanyang maipaliwanag ang gayong mga nakaukit; oo, at si Ammon ay nagsaya rin.

29 Gayon man, si Ammon at ang kanyang mga kapatid ay napuspos ng kalungkutan sapagkat napakarami sa kanilang mga kapatid ang napatay;

30 At gayon din na si haring Noe at ang kanyang mga saserdote ay naging dahilan upang ang mga tao ay makagawa ng maraming kasalanan at kasamaan laban sa Diyos; at sila rin ay nagdalamhati dahil sa pagkamatay ni Abinadi; at gayon din sa paglisan ni Alma at ng mga taong sumama sa kanya, na nagtayo ng isang simbahan ng Diyos sa pamamagitan ng lakas at kapangyarihan ng Diyos, at pananampalataya sa mga salitang sinabi ni Abinadi.

31 Oo, nagdalamhati sila dahil sa kanilang paglisan, sapagkat hindi nila nalalaman kung saan sila nagtungo. Ngayon, sila sana ay magagalak na sumama sa kanila, sapagkat sila rin ay nakipagtipan sa Diyos na paglilingkuran siya at susundin ang kanyang mga kautusan.

32 At ngayon, simula ng pagdating ni Ammon, si haring Limhi ay nakipagtipan din sa Diyos, at gayon din ang marami sa kanyang mga tao, na paglilingkuran siya at susundin ang kanyang mga kautusan.

33 At ito ay nangyari na, na si haring Limhi at marami sa kanyang mga tao ay nagnais na mabinyagan; subalit walang sinuman sa lupain ang may karapatan mula sa Diyos. At si Ammon ay tumangging gawin ang bagay na ito, ipinalalagay ang kanyang sarili na isang hindi karapat-dapat na tagapaglingkod.

Nevertheless, they did find a land which had been peopled; yea, a land which was covered with dry bones; yea, a land which had been peopled and which had been destroyed; and they, having supposed it to be the land of Zarahemla, returned to the land of Nephi, having arrived in the borders of the land not many days before the coming of Ammon.

And they brought a record with them, even a record of the people whose bones they had found; and it was engraven on plates of ore.

And now Limhi was again filled with joy on learning from the mouth of Ammon that king Mosiah had a gift from God, whereby he could interpret such engravings; yea, and Ammon also did rejoice.

Yet Ammon and his brethren were filled with sorrow because so many of their brethren had been slain;

And also that king Noah and his priests had caused the people to commit so many sins and iniquities against God; and they also did mourn for the death of Abinadi; and also for the departure of Alma and the people that went with him, who had formed a church of God through the strength and power of God, and faith on the words which had been spoken by Abinadi.

Yea, they did mourn for their departure, for they knew not whither they had fled. Now they would have gladly joined with them, for they themselves had entered into a covenant with God to serve him and keep his commandments.

And now since the coming of Ammon, king Limhi had also entered into a covenant with God, and also many of his people, to serve him and keep his commandments.

And it came to pass that king Limhi and many of his people were desirous to be baptized; but there was none in the land that had authority from God. And Ammon declined doing this thing, considering himself an unworthy servant.

- 34 Samakatwid, sa panahong yaon ay hindi pa nila binuo ang kanilang sarili sa isang simbahan, naghihintay sa Espiritu ng Panginoon. Ngayon, sila ay nagnais na maging katulad ni Alma at ng kanyang mga kapatid, na nagsitakas patungo sa ilang.
- 35 Sila ay nagnais na mabinyagan bilang saksi at bilang patotoo na sila ay nahahandang paglingkuran ang Diyos ng kanilang buong puso; gayon pa man, pinagpaliban nila ang panahon; at ang ulat ng kanilang binyag ay ibibigay pagkaraan nito.
- 36 At ngayon, lahat ng pag-aaral ni Ammon at ng kanyang mga tao, at ni haring Limhi at ng kanyang mga tao, ay mapalaya ang kanilang sarili mula sa mga kamay ng mga Lamanita at mula sa pagkaalipin.

Therefore they did not at that time form themselves into a church, waiting upon the Spirit of the Lord. Now they were desirous to become even as Alma and his brethren, who had fled into the wilderness.

They were desirous to be baptized as a witness and a testimony that they were willing to serve God with all their hearts; nevertheless they did prolong the time; and an account of their baptism shall be given hereafter.

And now all the study of Ammon and his people, and king Limhi and his people, was to deliver themselves out of the hands of the Lamanites and from bondage.

## Mosiah 22

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, na sina Ammon at haring Limhi ay nagsimulang makipagsanggunian sa mga tao kung paano nila mapalalaya ang kanilang sarili mula sa pagkaalipin; at kanila ring pinapangyari na ang lahat ng tao ay sama-samang tipunin ang kanilang sarili; at ginawa nila ito upang makuha nila ang tinig ng mga tao hinggil sa paksa.
- 2 At ito ay nangyari na, na wala silang makitang paraan upang mapalaya ang kanilang sarili mula sa pagkaalipin, maliban sa dalhin ang kanilang kababaihan at mga anak, at ang kanilang mga kawan ng tupa, at kanilang mga bakahan, at kanilang mga tolda, at lumisan patungo sa ilang; sapagkat lubhang napakarami ng mga Lamanita, na hindi maaari para sa mga tao ni Limhi na makipaglaban sa kanila, iniisip na palayain ang kanilang sarili mula sa pagkaalipin sa pamamagitan ng espada.
- 3 Ngayon ito ay nangyari na, na si Gedeon ay humayo at tumindig sa harap ng hari, at sinabi sa kanya: Ngayon O hari, kayo ay nakinig sa aking mga salita nang maraming ulit noong tayo ay nakikipaglaban sa ating mga kapatid, ang mga Lamanita.
- 4 At ngayon O hari, kung hindi ninyo ipinalalagay na ako ay isang hindi kapaki-pakinabang na tagapagsilbi, o kung hanggang sa ngayon kayo ay nakikinig sa aking mga salita kahit paano, at ang mga ito ay naging kapaki-pakinabang sa inyo, gayon pa man, hinihiling kong makinig kayo sa aking mga salita ngayon, at ako ay inyong magiging tagapagsilbi at palalayain ang mga taong ito mula sa pagkaalipin.
- 5 At pinahintulutan siya ng hari na makapagsalita. At sinabi sa kanya ni Gedeon:
- 6 Masdan, ang daan sa likuran, sa likuran ng muog, sa gilid ng likuran ng lunsod. Ang mga Lamanita, o ang mga bantay na mga Lamanita, sa gabi ay mga lango; samakatwid, magpadala tayo ng isang pahayag sa lahat ng taong ito na sama-samang tipunin nila ang kanilang mga kawan ng tupa at mga baka, upang kanila silang maitaboy sa ilang sa gabi.

## Mosiah 22

And now it came to pass that Ammon and king Limhi began to consult with the people how they should deliver themselves out of bondage; and even they did cause that all the people should gather themselves together; and this they did that they might have the voice of the people concerning the matter.

And it came to pass that they could find no way to deliver themselves out of bondage, except it were to take their women and children, and their flocks, and their herds, and their tents, and depart into the wilderness; for the Lamanites being so numerous, it was impossible for the people of Limhi to contend with them, thinking to deliver themselves out of bondage by the sword.

Now it came to pass that Gideon went forth and stood before the king, and said unto him: Now O king, thou hast hitherto hearkened unto my words many times when we have been contending with our brethren, the Lamanites.

And now O king, if thou hast not found me to be an unprofitable servant, or if thou hast hitherto listened to my words in any degree, and they have been of service to thee, even so I desire that thou wouldst listen to my words at this time, and I will be thy servant and deliver this people out of bondage.

And the king granted unto him that he might speak. And Gideon said unto him:

Behold the back pass, through the back wall, on the back side of the city. The Lamanites, or the guards of the Lamanites, by night are drunken; therefore let us send a proclamation among all this people that they gather together their flocks and herds, that they may drive them into the wilderness by night.

- 7 At hahayo ako alinsunod sa inyong utos at magbabayad ng huling buwis na alak sa mga Lamanita, at sila ay malalango; at magdaraan tayo sa lihim na daanan sa kaliwa ng kanilang kampo kapag nalango na sila at nahihimbing.
- 8 Sa gayon lilisan tayong kasama ang ating kababaihan at mga anak, ang ating mga kawan ng tupa, at ating mga baka patungo sa ilang; at maglalakbay tayo sa palibot ng lupain ng Silom.
- 9 At ito ay nangyari na, na ang hari ay nakinig sa mga salita ni Gedeon.
- 10 At pinapangyari ni haring Limhi na sama-samang tipunin ng kanyang mga tao ang kanilang mga kawan; at ipinadala niya ang buwis na alak sa mga Lamanita; at nagpadala rin siya ng karagdagang alak, bilang isang handog sa kanila; at sila ay malayang uminom ng alak na ipinadala ni haring Limhi sa kanila.
- 11 At ito ay nangyari na, na ang mga tao ni haring Limhi ay lumisan kinagabihan patungo sa ilang kasama ang kanilang mga kawan ng tupa at kanilang mga baka, at humayo sila paikot ng lupain ng Silom sa ilang, at lumiko sila patungo sa lupain ng Zarahemla, na pinamumunuan ni Ammon at ng kanyang mga kapatid.
- 12 At dinala nila ang lahat ng kanilang ginto, at pilak, at kanilang mahahalagang bagay, na kanilang madadala, at gayon din ang kanilang mga panustos, patungo sa ilang; at ipinagpatuloy nila ang kanilang paglalakbay.
- 13 At matapos ang maraming araw sa ilang, dumating sila sa lupain ng Zarahemla, at sumama sa mga tao ni Mosias, at naging mga sakop niya.
- 14 At ito ay nangyari na, na tinanggap sila ni Mosias nang may kagalakan; at kanya ring tinanggap ang kanilang mga talaan, at gayon din ang mga talaang natagpuan ng mga tao ni Limhi.
- 15 At ngayon ito ay nangyari na, nang matuklasan ng mga Lamanita na ang mga tao ni Limhi ay lumisan ng lupain sa gabi, na nagpadala sila ng hukbo sa ilang upang tugisin sila;
- 16 At matapos nilang tugisin sila ng dalawang araw, hindi na nila masundan ang kanilang mga pinagdaanan; anupa't nangaligaw sila sa ilang.

And I will go according to thy command and pay the last tribute of wine to the Lamanites, and they will be drunken; and we will pass through the secret pass on the left of their camp when they are drunken and asleep.

Thus we will depart with our women and our children, our flocks, and our herds into the wilderness; and we will travel around the land of Shilom.

And it came to pass that the king hearkened unto the words of Gideon.

And king Limhi caused that his people should gather their flocks together; and he sent the tribute of wine to the Lamanites; and he also sent more wine, as a present unto them; and they did drink freely of the wine which king Limhi did send unto them.

And it came to pass that the people of king Limhi did depart by night into the wilderness with their flocks and their herds, and they went round about the land of Shilom in the wilderness, and bent their course towards the land of Zarahemla, being led by Ammon and his brethren.

And they had taken all their gold, and silver, and their precious things, which they could carry, and also their provisions with them, into the wilderness; and they pursued their journey.

And after being many days in the wilderness they arrived in the land of Zarahemla, and joined Mosiah's people, and became his subjects.

And it came to pass that Mosiah received them with joy; and he also received their records, and also the records which had been found by the people of Limhi.

And now it came to pass when the Lamanites had found that the people of Limhi had departed out of the land by night, that they sent an army into the wilderness to pursue them;

And after they had pursued them two days, they could no longer follow their tracks; therefore they were lost in the wilderness.

*Isang ulat ni Alma at ng mga tao ng Panginoon, na itinaboy patungo sa ilang ng mga tao ni Haring Noe.*

## Mosiah 23

- 1 Ngayon si Alma, na binalaan ng Panginoon na ang mga hukbo ni haring Noe ay sasalakay sa kanila, at ipinaalam ito sa kanyang mga tao, samakatwid, sama-samang tinipon nila ang kanilang mga kawan ng tupa, at dinala ang kanilang mga butil, at lumisan patungo sa ilang bago dumating ang mga hukbo ni haring Noe.
- 2 At pinalakas sila ng Panginoon, upang ang mga tao ni haring Noe ay hindi makaabot sa kanila upang lipulin sila.
- 3 At sila ay tumakas, walong araw na naglakbay patungo sa ilang.
- 4 At nakarating sila sa isang lupain, oo, maging sa isang napakaganda at nakasisiyang lupain, isang lupain ng dalisay na tubig.
- 5 At nagtayo sila ng kanilang mga tolda, at nagsimulang magbungkal ng lupa, at nagsimulang magtayo ng mga gusali; oo, sila ay masisipag, at labis na nagpagal.
- 6 At ang mga tao ay nagnais na si Alma ang kanilang maging hari, sapagkat siya ay minamahal ng kanyang mga tao.
- 7 Subalit sinabi niya sa kanila: Masdan, hindi kapaki-pakinabang na magkaroon tayo ng hari; sapagkat ganito ang wika ng Panginoon: Hindi ninyo nararapat na pahalagahan ang isang tao nang higit pa sa iba, o ang isang tao ay hindi nararapat mag-isip na ang kanyang sarili ay higit pa kaysa sa iba; kaya nga sinasabi ko sa inyo, hindi kapaki-pakinabang na magkaroon kayo ng hari.
- 8 Gayon pa man, kung maaari na magkakaroon kayo sa tuwina ng mga makatarungang tao na maging hari ninyo, ay makabubuti nga para sa inyo na magkaroon ng hari.
- 9 Subalit alalahanin ang kasamaan ni haring Noe at ng kanyang mga saserdote; at ako rin ay nahulog sa bitag, at nakagawa ng maraming bagay na karumaldumal sa paningin ng Panginoon, na naging dahilan ng aking masidhing pagsisisi;

*An account of Alma and the people of the Lord, who were driven into the wilderness by the people of King Noah.*

## Mosiah 23

Now Alma, having been warned of the Lord that the armies of king Noah would come upon them, and having made it known to his people, therefore they gathered together their flocks, and took of their grain, and departed into the wilderness before the armies of king Noah.

And the Lord did strengthen them, that the people of king Noah could not overtake them to destroy them.

And they fled eight days' journey into the wilderness.

And they came to a land, yea, even a very beautiful and pleasant land, a land of pure water.

And they pitched their tents, and began to till the ground, and began to build buildings; yea, they were industrious, and did labor exceedingly.

And the people were desirous that Alma should be their king, for he was beloved by his people.

But he said unto them: Behold, it is not expedient that we should have a king; for thus saith the Lord: Ye shall not esteem one flesh above another, or one man shall not think himself above another; therefore I say unto you it is not expedient that ye should have a king.

Nevertheless, if it were possible that ye could always have just men to be your kings it would be well for you to have a king.

But remember the iniquity of king Noah and his priests; and I myself was caught in a snare, and did many things which were abominable in the sight of the Lord, which caused me sore repentance;



- 10 Gayon pa man, matapos ang labis na pagdurusa, dininig ng Panginoon ang aking mga pagsusumamo, at tinugon ang aking mga panalangin, at ginawa akong kasangkapan sa kanyang mga kamay sa pagdadala nang marami sa inyo sa kaalaman ng kanyang katotohanan.
- 11 Gayon pa man, sa mga ito ako ay hindi nagmamapuri, sapagkat ako ay hindi karapat-dapat na magmapuri sa aking sarili.
- 12 At ngayon sinasabi ko sa inyo, pinahirapan kayo ni haring Noe, at napaalipin sa kanya at sa kanyang mga saserdote, at kanilang nadala sa kasamaan; anupa't kayo ay nagapos ng mga gapos ng kasamaan.
- 13 At ngayon, dahil sa kayo ay nakalaya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos sa pagkakagapos na ito; oo, maging mula sa mga kamay ni haring Noe at ng kanyang mga tao, at mula rin sa pagkakagapos ng kasamaan, gayon pa man, ninanais kong maging matatag kayo sa kalayaang ito kung saan kayo ginawang malaya, at na wala kayong pagtitiwalaang tao na maging hari ninyo.
- 14 At gayon din, huwag pagkakatiwalaan ang sinuman na inyong maging guro ni inyong maging mangangaral, maliban sa siya ay tao ng Diyos, lumalakad sa kanyang mga landas at sinusunod ang kanyang mga kautusan.
- 15 Sa gayon tinuruan ni Alma ang kanyang mga tao, na ang bawat tao ay nararapat mahalín ang kanyang kapwa na tulad ng kanyang sarili, na hindi dapat magkaroon ng alitan sa kanila.
- 16 At ngayon, si Alma ang kanilang mataas na saserdote, siya na nagtatag ng kanilang simbahan.
- 17 At ito ay nangyari na, na walang nakatanggap ng karapatang mangaral o magturo maliban sa ito ay sa pamamagitan niya na mula sa Diyos. Samakatwid, itinalaga niya ang lahat ng kanyang saserdote at lahat ng kanyang mga guro; at walang itinalaga maliban sa sila ay mga makatarungang tao.
- 18 Anupa't pinangalagaan nila ang kanilang mga tao, at pinagyaman sila sa mga bagay na may kinalaman sa kabutihan.
- 19 At ito ay nangyari na, na nagsimula silang umunlad nang labis sa lupain; at kanilang tinawag na Helam ang lupain.

Nevertheless, after much tribulation, the Lord did hear my cries, and did answer my prayers, and has made me an instrument in his hands in bringing so many of you to a knowledge of his truth.

Nevertheless, in this I do not glory, for I am unworthy to glory of myself.

And now I say unto you, ye have been oppressed by king Noah, and have been in bondage to him and his priests, and have been brought into iniquity by them; therefore ye were bound with the bands of iniquity.

And now as ye have been delivered by the power of God out of these bonds; yea, even out of the hands of king Noah and his people, and also from the bonds of iniquity, even so I desire that ye should stand fast in this liberty wherewith ye have been made free, and that ye trust no man to be a king over you.

And also trust no one to be your teacher nor your minister, except he be a man of God, walking in his ways and keeping his commandments.

Thus did Alma teach his people, that every man should love his neighbor as himself, that there should be no contention among them.

And now, Alma was their high priest, he being the founder of their church.

And it came to pass that none received authority to preach or to teach except it were by him from God. Therefore he consecrated all their priests and all their teachers; and none were consecrated except they were just men.

Therefore they did watch over their people, and did nourish them with things pertaining to righteousness.

And it came to pass that they began to prosper exceedingly in the land; and they called the land Helam.

20 At ito ay nangyari na, na dumami sila at labis na umunlad sa lupain ng Helam; at nagtayo sila ng isang lunsod, na tinawag nilang lunsod ng Helam.

21 Gayon pa man, minarapat ng Panginoon na pahirapan ang kanyang mga tao; oo, sinusubukan niya ang kanilang tiyaga at kanilang pananampalataya.

22 Gayon pa man—sinuman ang magbibigay ng kanyang tiwala sa kanya, siya rin ay dadakilain sa huling araw. Oo, at gayon din sa mga taong ito.

23 Sapagkat masdan, ipakikita ko sa inyo na dinala sila sa pagkaalipin, at walang makapagpapalaya sa kanila kundi ang Panginoon nilang Diyos, oo, maging ang Diyos nina Abraham at Isaac, at ni Jacob.

24 At ito ay nangyari na, na kanyang pinalaya sila, at kanyang ipinakita ang dakila niyang kapangyarihan sa kanila, at labis ang kanilang mga kasiyahan.

25 Sapagkat masdan, ito ay nangyari na, na habang sila ay nasa lupain ng Helam, oo, sa lunsod ng Helam, habang nagbubungkal ng lupa sa palibot, masdan, isang hukbo ng mga Lamanita ang nasa mga hangganan ng lupain.

26 Ngayon ito ay nangyari na, na ang mga kapatid ni Alma ay nagsipanakbuhan mula sa kanilang bukirin, at sama-samang tinipon ang kanilang sarili sa lunsod ng Helam; at labis silang natakot dahil sa paglitaw ng mga Lamanita.

27 Subalit humayo si Alma at tumindig sa gitna nila, at pinagpayuhan sila na hindi dapat matakot, kundi kanilang alalahanin ang Panginoon nilang Diyos at kanyang ililigtas sila.

28 Anupa't nabawasan ang kanilang pagkatakot, at nagsimulang magsumamo sa Panginoon na kanyang palambutin ang mga puso ng mga Lamanita, nang huwag silang kitlan ng buhay ng mga ito, at ang kanilang mga asawa, at ang kanilang mga anak.

29 At ito ay nangyari na, na pinalambot ng Panginoon ang mga puso ng mga Lamanita. At si Alma at ang kanyang mga kapatid ay humayo at isinuko ang kanilang sarili sa kanilang mga kamay; at inangkin ng mga Lamanita ang lupain ng Helam.

30 Ngayon, ang mga hukbo ng mga Lamanita, na sumunod sa mga tao ni haring Limhi, ay nangaligaw sa ilang sa loob ng maraming araw.

And it came to pass that they did multiply and prosper exceedingly in the land of Helam; and they built a city, which they called the city of Helam.

Nevertheless the Lord seeth fit to chasten his people; yea, he trieth their patience and their faith.

Nevertheless—whosoever putteth his trust in him the same shall be lifted up at the last day. Yea, and thus it was with this people.

For behold, I will show unto you that they were brought into bondage, and none could deliver them but the Lord their God, yea, even the God of Abraham and Isaac and of Jacob.

And it came to pass that he did deliver them, and he did show forth his mighty power unto them, and great were their rejoicings.

For behold, it came to pass that while they were in the land of Helam, yea, in the city of Helam, while tilling the land round about, behold an army of the Lamanites was in the borders of the land.

Now it came to pass that the brethren of Alma fled from their fields, and gathered themselves together in the city of Helam; and they were much frightened because of the appearance of the Lamanites.

But Alma went forth and stood among them, and exhorted them that they should not be frightened, but that they should remember the Lord their God and he would deliver them.

Therefore they hushed their fears, and began to cry unto the Lord that he would soften the hearts of the Lamanites, that they would spare them, and their wives, and their children.

And it came to pass that the Lord did soften the hearts of the Lamanites. And Alma and his brethren went forth and delivered themselves up into their hands; and the Lamanites took possession of the land of Helam.

Now the armies of the Lamanites, which had followed after the people of king Limhi, had been lost in the wilderness for many days.

31 At masdan, kanilang natagpuan yaong mga  
saserdote ni haring Noe, sa isang lugar na kanilang  
tinatawag na Amulon; at sinimulan nilang angkinin  
ang lupain ng Amulon at nagsimulang bungkalin  
ang lupa.

32 Ngayon, ang pangalan ng pinuno ng yaong mga  
saserdote ay Amulon.

33 At ito ay nangyari na, na si Amulon ay  
nagmakaawa sa mga Lamanita; at kanya ring  
pinalapit ang kanilang mga asawa, na mga anak na  
babae ng mga Lamanita, upang magmakaawa sa  
kanilang mga kapatid, na huwag nilang lipulin ang  
kanilang mga asawa.

34 At ang mga Lamanita ay nahabag kay Amulon at  
sa kanyang mga kapatid, at hindi sila nilipol, dahil sa  
kanilang mga asawa.

35 At umanib si Amulon at ang kanyang mga kapatid  
sa mga Lamanita, at naglalakbay sila sa ilang sa  
paghahanap sa lupain ng Nephi nang kanilang  
matuklasan ang lupain ng Helam, na inangkin ni  
Alma at ng kanyang mga kapatid.

36 At ito ay nangyari na, na ang mga Lamanita ay  
nangako kay Alma at sa kanyang mga kapatid, na  
kung kanilang ipakikita sa kanila ang daan patungo  
sa lupain ng Nephi ay ipagkakaloob nila sa kanila  
ang kanilang mga buhay at ang kanilang kalayaan.

37 Subalit matapos ipakita sa kanila ni Alma ang  
daan patungo sa lupain ng Nephi, ang mga Lamanita  
ay tumangging tumupad sa kanilang pangako; sa  
halip sila ay naglagay ng mga bantay sa palibot ng  
lupain ng Helam, doon kay Alma at sa kanyang mga  
kapatid.

38 At ang natira sa kanila ay nagtungo sa lupain ng  
Nephi; at bumalik ang isang bahagi nila sa lupain ng  
Helam, at ipinagsama rin nila ang mga asawa at anak  
ng mga bantay na naiwanan sa lupain.

39 At ang hari ng mga Lamanita ay nagpahintulot  
kay Amulon na siya ang maging hari at  
tagapamahala ng kanyang mga tao, na nasa lupain  
ng Helam; gayon pa man wala siyang  
kapangyarihang gawin ang anumang bagay na  
sumasalungat sa kagustuhan ng hari ng mga  
Lamanita.

And behold, they had found those priests of king  
Noah, in a place which they called Amulon; and they  
had begun to possess the land of Amulon and had be-  
gun to till the ground.

Now the name of the leader of those priests was  
Amulon.

And it came to pass that Amulon did plead with  
the Lamanites; and he also sent forth their wives,  
who were the daughters of the Lamanites, to plead  
with their brethren, that they should not destroy  
their husbands.

And the Lamanites had compassion on Amulon  
and his brethren, and did not destroy them, because  
of their wives.

And Amulon and his brethren did join the  
Lamanites, and they were traveling in the wilderness  
in search of the land of Nephi when they discovered  
the land of Helam, which was possessed by Alma and  
his brethren.

And it came to pass that the Lamanites promised  
unto Alma and his brethren, that if they would show  
them the way which led to the land of Nephi that  
they would grant unto them their lives and their lib-  
erty.

But after Alma had shown them the way that led to  
the land of Nephi the Lamanites would not keep  
their promise; but they set guards round about the  
land of Helam, over Alma and his brethren.

And the remainder of them went to the land of  
Nephi; and a part of them returned to the land of  
Helam, and also brought with them the wives and  
the children of the guards who had been left in the  
land.

And the king of the Lamanites had granted unto  
Amulon that he should be a king and a ruler over his  
people, who were in the land of Helam; nevertheless  
he should have no power to do anything contrary to  
the will of the king of the Lamanites.

## Mosiah 24

- 1 At ito ay nangyari na, na natamo ni Amulon ang pagsang-ayon sa paningin ng hari ng mga Lamanita; kaya nga, ang hari ng mga Lamanita ay nagpahintulot sa kanya at sa kanyang mga kapatid na sila ang hiranging mga guro roon sa kanyang mga tao, oo, maging sa mga tao na nasa lupain ng Semlon, at sa lupain ng Silom, at sa lupain ng Amulon.
- 2 Sapagkat inangkin ng mga Lamanita ang lahat ng lupaing ito; anupa't ang hari ng mga Lamanita ay naghirang ng mga hari sa lahat ng lupaing ito.
- 3 At ngayon, ang pangalan ng hari ng mga Lamanita ay Laman, na tinawag alinsunod sa pangalan ng kanyang ama; at samakatwid, siya ay tinawag na haring Laman. At siya ay hari ng napakaraming tao.
- 4 At siya ay naghirang ng mga guro sa mga kapatid ni Amulon sa bawat lupaing pag-aari ng kanyang mga tao; at sa gayon ang wika ni Nephi ay nagsimulang ituro sa lahat ng tao ng mga Lamanita.
- 5 At sila ay mga taong may magandang loob sa isa't isa; gayon pa man hindi nila nakikilala ang Diyos; ni ang mga kapatid ni Amulon ay hindi itinuro sa kanila ang alinmang bagay na nauukol sa Panginoon nilang Diyos, ni ang mga batas ni Moises; ni hindi nila itinuro sa kanila ang mga salita ni Abinadi;
- 6 Datapwat kanilang tinuruan sila na nararapat silang mag-ingat ng kanilang talaan, at upang makasulat sila sa isa't isa.
- 7 At sa gayon ang mga Lamanita ay nagsimulang maragdagan sa kayamanan, at nagsimulang makipagkalakalan sa isa't isa at naging maunlad, at nagsimulang maging tuso at matatalinong tao, sa karunungan ng sanlibutan, oo, isang napakatusong tao, nagagalak sa lahat ng uri ng kasamaan at pandarambong, maliban sa kanilang sariling mga kapatid.
- 8 At ngayon ito ay nangyari na, na si Amulon ay nagsimulang gumamit ng kapangyarihan kay Alma at sa kanyang mga kapatid, at nagsimulang usigin siya, at pinapangyaring usigin ng kanyang mga anak ang kanilang mga anak.

## Mosiah 24

And it came to pass that Amulon did gain favor in the eyes of the king of the Lamanites; therefore, the king of the Lamanites granted unto him and his brethren that they should be appointed teachers over his people, yea, even over the people who were in the land of Shemlon, and in the land of Shilom, and in the land of Amulon.

For the Lamanites had taken possession of all these lands; therefore, the king of the Lamanites had appointed kings over all these lands.

And now the name of the king of the Lamanites was Laman, being called after the name of his father; and therefore he was called king Laman. And he was king over a numerous people.

And he appointed teachers of the brethren of Amulon in every land which was possessed by his people; and thus the language of Nephi began to be taught among all the people of the Lamanites.

And they were a people friendly one with another; nevertheless they knew not God; neither did the brethren of Amulon teach them anything concerning the Lord their God, neither the law of Moses; nor did they teach them the words of Abinadi;

But they taught them that they should keep their record, and that they might write one to another.

And thus the Lamanites began to increase in riches, and began to trade one with another and wax great, and began to be a cunning and a wise people, as to the wisdom of the world, yea, a very cunning people, delighting in all manner of wickedness and plunder, except it were among their own brethren.

And now it came to pass that Amulon began to exercise authority over Alma and his brethren, and began to persecute him, and cause that his children should persecute their children.

- 9 Sapagkat nakikilala ni Amulon si Alma, na siya ay isa sa naging saserdote ng hari, at na siya ang yaong naniwala sa mga salita ni Abinadi at ipinagtabuyan mula sa harapan ng hari, at samakatwid, siya ay napoot sa kanya; sapagkat siya ay napasakop kay haring Laman, gayon pa man, siya ay gumagamit ng kapangyarihan sa kanila, at pinagagawa sila, at naglagay ng mga tagapagbantay sa kanila.
- 10 At ito ay nangyari na, na napakasidhi ng kanilang mga paghihirap kung kaya't nagsimula silang magsumamo nang mataimtim sa Diyos.
- 11 At inutusan sila ni Amulon na dapat silang magsitigil sa kanilang mga pagsusumamo; at naglagay siya ng mga bantay sa kanila upang bantayan sila, na sinuman ang matatagpuang nananawagan sa Diyos ay papatayin.
- 12 At si Alma at ang kanyang mga tao ay hindi naglakas ng kanilang mga tinig sa Panginoon nilang Diyos, subalit ibinuhos ang kanilang mga puso sa kanya; at kanyang nalalaman ang mga nasasalob ng kanilang mga puso.
- 13 At ito ay nangyari na, na ang tinig ng Panginoon ay nangusap sa kanila sa kanilang mga paghihirap, sinasabing: Itaas ang inyong mga ulo at maaliw, sapagkat nalalaman ko ang tipang inyong ginawa sa akin; at makikipagtipan ako sa aking mga tao at palalayain sila mula sa pagkaalipin.
- 14 At pagagaanin ko rin ang mga pasaning ipinataw sa inyong mga balikat, na maging kayo ay hindi madarama ang mga ito sa inyong mga likod, maging habang kayo ay nasa pagkaalipin; at ito ay gagawin ko upang kayo ay tumayong mga saksi para sa akin magmula ngayon, at upang inyong malaman nang may katiyakan na ako, ang Panginoong Diyos, ay dumadalaw sa aking mga tao sa kanilang mga paghihirap.
- 15 At ito ay nangyari na, na ang mga pasaning ipinataw kay Alma at sa kanyang mga kapatid ay pinagaan; oo, pinalakas sila ng Panginoon upang mabata nila ang kanilang mga pasanin nang may kagaanan, at nagpasailalim nang may kagalakan at nang may pagtitiis sa lahat ng kalooban ng Panginoon.

For Amulon knew Alma, that he had been one of the king's priests, and that it was he that believed the words of Abinadi and was driven out before the king, and therefore he was wroth with him; for he was subject to king Laman, yet he exercised authority over them, and put tasks upon them, and put taskmasters over them.

And it came to pass that so great were their afflictions that they began to cry mightily to God.

And Amulon commanded them that they should stop their cries; and he put guards over them to watch them, that whosoever should be found calling upon God should be put to death.

And Alma and his people did not raise their voices to the Lord their God, but did pour out their hearts to him; and he did know the thoughts of their hearts.

And it came to pass that the voice of the Lord came to them in their afflictions, saying: Lift up your heads and be of good comfort, for I know of the covenant which ye have made unto me; and I will covenant with my people and deliver them out of bondage.

And I will also ease the burdens which are put upon your shoulders, that even you cannot feel them upon your backs, even while you are in bondage; and this will I do that ye may stand as witnesses for me hereafter, and that ye may know of a surety that I, the Lord God, do visit my people in their afflictions.

And now it came to pass that the burdens which were laid upon Alma and his brethren were made light; yea, the Lord did strengthen them that they could bear up their burdens with ease, and they did submit cheerfully and with patience to all the will of the Lord.

- 16 At ito ay nangyari na, na napakalakas ng kanilang pananampalataya at kanilang pagtitiis kung kaya't ang tinig ng Panginoon ay muling nangusap sa kanila, sinasabing: Maaliw kayo, sapagkat bukas ay palalayain ko kayo mula sa pagkaalipin.
- 17 At sinabi niya kay Alma: Mamumuno ka sa mga taong ito, at makakasama ninyo ako at palalayain ang mga taong ito mula sa pagkaalipin.
- 18 Ngayon ito ay nangyari na, na si Alma at ang kanyang mga tao sa kinagabihan ay sama-samang tinipon ang kanilang mga kawan, at ang kanila ring mga butil; oo, maging sa buong gabing iyon ay sama-samang tinipon nila ang kanilang mga kawan.
- 19 At kinaumagahan ay itinulot ng Panginoon na dumating ang isang mahimbing na pagkakatulog sa mga Lamanita, oo, at ang lahat ng kanilang mga tagapagbantay ay mahimbing na nakatulog.
- 20 At si Alma at ang kanyang mga tao ay lumisan patungo sa ilang; at nang sila ay nakapaglakbay na ng buong araw, sila ay nagtayo ng kanilang mga tolda sa lambak, at kanilang tinawag ang lambak na Alma, sapagkat siya ang nanguna sa kanilang daraanan sa ilang.
- 21 Oo, at ibinuhos nila ang kanilang pasasalamat sa Diyos sa lambak ng Alma dahil sa naging maawain siya sa kanila, at pinagaan ang kanilang mga pasanin, at pinalaya sila mula sa pagkaalipin; sapagkat nasa pagkaalipin sila, at walang makapagpapalaya sa kanila maliban sa Panginoon nilang Diyos.
- 22 At nagbigay-pasalamat sila sa Diyos, oo, ang lahat ng kanilang kalalakihan at lahat ng kanilang kababaihan at lahat ng kanilang mga anak na nakapagsasalita ay itinaas ang kanilang mga tinig sa pagpupuri sa kanilang Diyos.
- 23 At ngayon sinabi ng Panginoon kay Alma: Magmadali ka at lumisan ka at ang mga taong ito sa lupaing ito, sapagkat ang mga Lamanita ay nangagising na at tinutugis kayo; samakatwid lisanin mo ang lupaing ito, at pipigilin ko ang mga Lamanita sa lambak na ito upang hindi na sila makahabol pa sa mga taong ito.
- 24 At ito ay nangyari na, na nilisan nila ang lambak, at sila ay naglakbay patungo sa ilang.

And it came to pass that so great was their faith and their patience that the voice of the Lord came unto them again, saying: Be of good comfort, for on the morrow I will deliver you out of bondage.

And he said unto Alma: Thou shalt go before this people, and I will go with thee and deliver this people out of bondage.

Now it came to pass that Alma and his people in the night-time gathered their flocks together, and also of their grain; yea, even all the night-time were they gathering their flocks together.

And in the morning the Lord caused a deep sleep to come upon the Lamanites, yea, and all their taskmasters were in a profound sleep.

And Alma and his people departed into the wilderness; and when they had traveled all day they pitched their tents in a valley, and they called the valley Alma, because he led their way in the wilderness.

Yea, and in the valley of Alma they poured out their thanks to God because he had been merciful unto them, and eased their burdens, and had delivered them out of bondage; for they were in bondage, and none could deliver them except it were the Lord their God.

And they gave thanks to God, yea, all their men and all their women and all their children that could speak lifted their voices in the praises of their God.

And now the Lord said unto Alma: Haste thee and get thou and this people out of this land, for the Lamanites have awakened and do pursue thee; therefore get thee out of this land, and I will stop the Lamanites in this valley that they come no further in pursuit of this people.

And it came to pass that they departed out of the valley, and took their journey into the wilderness.

25 At matapos silang manatili sa ilang ng  
labindalawang araw ay nakarating sila sa lupain ng  
Zarahemla; at tinanggap din sila nang may  
kagalakan ni haring Mosias.

And after they had been in the wilderness twelve  
days they arrived in the land of Zarahemla; and king  
Mosiah did also receive them with joy.

## Mosiah 25

- 1 At ngayon pinapangyari ni haring Mosias na ang lahat ng tao ay tipuning magkakasama.
- 2 Ngayon, hindi gaanong marami ang mga anak ni Nephi, o hindi gaanong marami yaong mga inapo ni Nephi, na tulad ng mga tao ni Zarahemla, na mga inapo ni Mulek, at yaong mga sumama sa kanya sa ilang.
- 3 At hindi gaanong marami ang mga tao ni Nephi at ang mga tao ni Zarahemla tulad ng mga Lamanita; oo, sila ay wala sa kalahati ng kanilang dami.
- 4 At ngayon, ang lahat ng tao ni Nephi ay nagtipong magkakasama, at gayon din ang lahat ng tao ni Zarahemla, at sila ay tinipong magkakasama sa dalawang pangkat.
- 5 At ito ay nangyari na, na si Mosias ay nagbasa, at pinayagang basahin ang mga talaan ni Zenif sa kanyang mga tao; oo, kanyang binasa ang mga talaan ng mga tao ni Zenif, mula sa panahong nilisan nila ang lupain ng Zarahemla hanggang sa sila ay makabalik na muli.
- 6 At kanya ring binasa ang ulat ni Alma at ng kanyang mga kapatid, at lahat ng kanilang mga paghihirap, mula sa panahong nilisan nila ang lupain ng Zarahemla hanggang sa panahong sila ay makabalik na muli.
- 7 At ngayon, nang si Mosias ay matapos sa pagbabasa ng mga talaan, ang kanyang mga tao na naninirahan sa lupain ay nakadama ng pagkamangha at panggigilalas.
- 8 Sapagkat hindi nila malaman kung ano ang iisipin; sapagkat nang kanilang namasdan ang yaong mga nakalaya mula sa pagkaalipin sila ay napuspos ng labis na kagalakan.
- 9 At muli, nang maalaala nila ang kanilang mga kapatid na napatay ng mga Lamanita sila ay napuspos ng kalungkutan, at tunay na umagos ang maraming luha ng kalungkutan.
- 10 At muli, nang maisip nila ang kagyat na kabutihan ng Diyos, at kanyang kapangyarihan sa pagpapalaya kay Alma at sa kanyang mga kapatid mula sa mga kamay ng mga Lamanita at mula sa pagkaalipin, inilakas nila ang kanilang mga tinig at nagbigay-pasalamat sa Diyos.

## Mosiah 25

And now king Mosiah caused that all the people should be gathered together.

Now there were not so many of the children of Nephi, or so many of those who were descendants of Nephi, as there were of the people of Zarahemla, who was a descendant of Mulek, and those who came with him into the wilderness.

And there were not so many of the people of Nephi and of the people of Zarahemla as there were of the Lamanites; yea, they were not half so numerous.

And now all the people of Nephi were assembled together, and also all the people of Zarahemla, and they were gathered together in two bodies.

And it came to pass that Mosiah did read, and caused to be read, the records of Zeniff to his people; yea, he read the records of the people of Zeniff, from the time they left the land of Zarahemla until they returned again.

And he also read the account of Alma and his brethren, and all their afflictions, from the time they left the land of Zarahemla until the time they returned again.

And now, when Mosiah had made an end of reading the records, his people who tarried in the land were struck with wonder and amazement.

For they knew not what to think; for when they beheld those that had been delivered out of bondage they were filled with exceedingly great joy.

And again, when they thought of their brethren who had been slain by the Lamanites they were filled with sorrow, and even shed many tears of sorrow.

And again, when they thought of the immediate goodness of God, and his power in delivering Alma and his brethren out of the hands of the Lamanites and of bondage, they did raise their voices and give thanks to God.



- 11 At muli, nang maisip nila ang mga Lamanita, na kanilang mga kapatid, sa kanilang makasalanan at maruming kalagayan, napuspos sila ng sakit at dalamhati para sa kapakanan ng kanilang mga kaluluwa.
- 12 At ito ay nangyari na, na ang yaong mga anak ni Amulon at ang kanyang mga kapatid, na ginawang asawa ang mga anak na babae ng mga Lamanita, ay hindi nasiyahan sa pag-uugali ng kanilang mga ama, at sila ay tumangging tawagin pa sa pangalan ng kanilang mga ama, samakatwid, tinaglay nila sa kanilang sarili ang pangalan ni Nephi, upang matawag silang mga anak ni Nephi at mapabilang sa yaong mga tinatawag na mga Nephita.
- 13 At ngayon, ang lahat ng tao ni Zarahemla ay ibinilang sa mga Nephita, at ito ay dahil ang kaharian ay hindi iginawad kanino man, maliban sa yaong mga inapo ni Nephi.
- 14 At ngayon ito ay nangyari na, nang matapos si Mosias sa pagsasalita at pagbabasa sa mga tao, ninais niya na si Alma ay mangusap din sa mga tao.
- 15 At si Alma ay nangusap sa kanila, nang sila ay tinipong magkakasama sa malalaking pangkat, at siya ay nagtungo mula sa isang pangkat sa isa pang pangkat, nangangaral sa mga tao ng pagsisisi at pananampalataya sa Panginoon.
- 16 At pinagpayuhan niya ang mga tao ni Limhi at ang kanyang mga kapatid, lahat ng yaong nakalaya mula sa pagkaalipin, na nararapat nilang pakatandaan na ang Panginoon ang siyang nagpalaya sa kanila.
- 17 At ito ay nangyari na, na matapos turuan ni Alma ang mga tao ng maraming bagay, at matapos sa pagsasalita sa kanila, na si haring Limhi ay nagnais na mabinyagan siya; at ang lahat ng kanyang mga tao ay nagnais na sila ay mabinyagan din.
- 18 Kaya nga, si Alma ay lumusong sa tubig at bininyagan sila; oo, kanyang bininyagan sila na kahalintulad ng ginawa niya sa kanyang mga kapatid sa mga tubig ng Mormon; oo, at kasindami ng kanyang nabinyagan ay napabilang sa simbahan ng Diyos; at ito ay dahil sa kanilang paniniwala sa mga salita ni Alma.

And again, when they thought upon the Lamanites, who were their brethren, of their sinful and polluted state, they were filled with pain and anguish for the welfare of their souls.

And it came to pass that those who were the children of Amulon and his brethren, who had taken to wife the daughters of the Lamanites, were displeased with the conduct of their fathers, and they would no longer be called by the names of their fathers, therefore they took upon themselves the name of Nephi, that they might be called the children of Nephi and be numbered among those who were called Nephites.

And now all the people of Zarahemla were numbered with the Nephites, and this because the kingdom had been conferred upon none but those who were descendants of Nephi.

And now it came to pass that when Mosiah had made an end of speaking and reading to the people, he desired that Alma should also speak to the people.

And Alma did speak unto them, when they were assembled together in large bodies, and he went from one body to another, preaching unto the people repentance and faith on the Lord.

And he did exhort the people of Limhi and his brethren, all those that had been delivered out of bondage, that they should remember that it was the Lord that did deliver them.

And it came to pass that after Alma had taught the people many things, and had made an end of speaking to them, that king Limhi was desirous that he might be baptized; and all his people were desirous that they might be baptized also.

Therefore, Alma did go forth into the water and did baptize them; yea, he did baptize them after the manner he did his brethren in the waters of Mormon; yea, and as many as he did baptize did belong to the church of God; and this because of their belief on the words of Alma.

- 19 At ito ay nangyari na, na si haring Mosias ay nagpahintulot kay Alma na magtatag siya ng mga simbahan sa lahat ng dako ng lupain ng Zarahemla; at binigyan siya ng kapangyarihan na makapag-orden ng mga saserdote at guro sa bawat simbahan.
- 20 Ngayon, ang mga ito ay isinagawa sapagkat napakarami ng mga tao kaya't silang lahat ay hindi maaaring mapamahalaan ng iisang guro; ni silang lahat ay hindi maaaring makarinig ng salita ng Diyos sa iisang pagtitipon;
- 21 Samakatwid, tinipon nila ang kanilang sarili na magkakasama sa iba't ibang pangkat, tinatawag na mga simbahan; bawat simbahan ay may kani-kanyang mga saserdote at kani-kanyang mga guro, at bawat saserdote ay nangangaral ng salita alinsunod sa pagkakabigay sa kanya ng bibig ni Alma.
- 22 At sa gayon, sa kabila ng pagiging marami ng simbahan, ang lahat ng ito ay isang simbahan lamang, oo, maging ang simbahan ng Diyos; sapagkat walang ipinangangaral sa lahat ng simbahan maliban sa pagsisisi at pananampalataya sa Diyos.
- 23 At ngayon, may pitong simbahan sa lupain ng Zarahemla. At ito ay nangyari na, na sino man ang nagnanais na taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ni Cristo, o ng Diyos, sila ay sumapi sa mga simbahan ng Diyos;
- 24 At sila ay tinawag na mga tao ng Diyos. At ibinuhos ng Panginoon ang kanyang Espiritu sa kanila, at pinagpala sila, at umunlad sa lupain.

And it came to pass that king Mosiah granted unto Alma that he might establish churches throughout all the land of Zarahemla; and gave him power to ordain priests and teachers over every church.

Now this was done because there were so many people that they could not all be governed by one teacher; neither could they all hear the word of God in one assembly;

Therefore they did assemble themselves together in different bodies, being called churches; every church having their priests and their teachers, and every priest preaching the word according as it was delivered to him by the mouth of Alma.

And thus, notwithstanding there being many churches they were all one church, yea, even the church of God; for there was nothing preached in all the churches except it were repentance and faith in God.

And now there were seven churches in the land of Zarahemla. And it came to pass that whosoever were desirous to take upon them the name of Christ, or of God, they did join the churches of God;

And they were called the people of God. And the Lord did pour out his Spirit upon them, and they were blessed, and prospered in the land.

## Mosiah 26

- 1 Ngayon ito ay nangyari na, na marami sa mga bagong salinlahi ang hindi nakauunawa sa mga salita ni haring Benjamin, na maliliit na bata pa noong panahong siya ay nangusap sa kanyang mga tao; at hindi sila naniwala sa kaugalian ng kanilang mga ama.
- 2 Hindi sila naniwala sa mga nasabi na hinggil sa pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, ni hindi sila naniwala hinggil sa pagparito ni Cristo.
- 3 At ngayon, dahil sa kanilang kawalang-paniniwala ay hindi nila maunawaan ang salita ng Diyos; at ang kanilang mga puso ay matitigas.
- 4 At sila ay tumangging magpabinyag; ni ang sumapi sila sa simbahan. At sila ay mga taong nahihawalay ayon sa kanilang pananampalataya, at nanatili silang gayon, maging sa kanilang makamundo at makasalanang kalagayan; sapagkat ayaw nilang manawagan sa Panginoon nilang Diyos.
- 5 At ngayon, sa paghahari ni Mosias ay wala sa kalahati ang dami nila sa mga tao ng Diyos; subalit dahil sa mga pagtatalo sa mga kapatid sila ay naging higit na marami.
- 6 Sapagkat ito ay nangyari na, na marami silang nalalang dahil sa kanilang mahihibong salita, sa mga yaong nasa simbahan, at naging dahilan upang sila ay makagawa ng maraming kasalanan; anupa't naging kinakailangan na yaong mga nakagawa ng kasalanan, na nasa simbahan, ay nararapat paalalahanan ng simbahan.
- 7 At ito ay nangyari na, na sila ay dinala sa harapan ng mga saserdote, at ibinigay sa mga saserdote ng mga guro; at dinala sila ng mga saserdote kay Alma, na siyang mataas na saserdote.
- 8 Ngayon ibinigay ni haring Mosias kay Alma ang karapatan sa simbahan.
- 9 At ito ay nangyari na, na hindi nalalaman ni Alma ang hinggil sa kanila; subalit maraming saksi laban sa kanila; oo, ang mga tao ay tumayo at nagpatotoo sa kanilang kasamaan na napakarami.
- 10 Ngayon, wala pang nangyayaring gayong bagay sa simbahan; kaya nga, si Alma ay naligalig sa kanyang espiritu, at kanyang pinapangyari na sila ay dalhin sa harapan ng hari.

## Mosiah 26

Now it came to pass that there were many of the rising generation that could not understand the words of king Benjamin, being little children at the time he spake unto his people; and they did not believe the tradition of their fathers.

They did not believe what had been said concerning the resurrection of the dead, neither did they believe concerning the coming of Christ.

And now because of their unbelief they could not understand the word of God; and their hearts were hardened.

And they would not be baptized; neither would they join the church. And they were a separate people as to their faith, and remained so ever after, even in their carnal and sinful state; for they would not call upon the Lord their God.

And now in the reign of Mosiah they were not half so numerous as the people of God; but because of the dissensions among the brethren they became more numerous.

For it came to pass that they did deceive many with their flattering words, who were in the church, and did cause them to commit many sins; therefore it became expedient that those who committed sin, that were in the church, should be admonished by the church.

And it came to pass that they were brought before the priests, and delivered up unto the priests by the teachers; and the priests brought them before Alma, who was the high priest.

Now king Mosiah had given Alma the authority over the church.

And it came to pass that Alma did not know concerning them; but there were many witnesses against them; yea, the people stood and testified of their iniquity in abundance.

Now there had not any such thing happened before in the church; therefore Alma was troubled in his spirit, and he caused that they should be brought before the king.

11 At sinabi niya sa hari: Masdan, narito ang marami na aming dinala sa inyong harapan, na pinararatangan ng kanilang mga kapatid; oo, dinakip sila sa iba't ibang kasalanan. At sila ay hindi nagsisisi ng kanilang mga kasamaan; kaya nga dinala namin sila sa inyong harapan, upang inyo silang hatulan alinsunod sa kanilang mabibigat na kasalanan.

12 Subalit sinabi ni haring Mosias kay Alma: Masdan, hindi ko sila hahatulan; samakatwid ipinaubaya ko sila sa iyong mga kamay upang hatulan.

13 At ngayon, ang espiritu ni Alma ay muling naligalig; at siya ay humayo at nagtanong sa Panginoon kung ano ang kanyang nararapat gawin hinggil sa bagay na ito, sapagkat siya ay natatakot na makagawa ng mali sa paningin ng Diyos.

14 At ito ay nangyari na, na matapos niyang ibuhos ang kanyang buong kaluluwa sa Diyos, ang tinig ng Panginoon ay nangusap sa kanya, sinasabing:

15 Pinagpala ka, Alma, at pinagpala sila na mga nabinyagan sa mga tubig ng Mormon. Pinagpala ka dahil sa iyong labis na pananampalataya sa mga salita lamang ng aking tagapaglingkod na si Abinadi.

16 At pinagpala sila dahil sa kanilang labis na pananampalataya sa mga salita lamang na iyong sinabi sa kanila.

17 At pinagpala ka dahil sa nagtatag ka ng simbahan sa mga taong ito; at sila ay kikilalanin, at sila ay magiging mga tao ko.

18 Oo, pinagpala ang mga taong ito na nakahandang taglayin ang aking pangalan; sapagkat sa aking pangalan sila ay tatawagin; at sila ay akin.

19 At sapagkat ikaw ay nagtanong sa akin hinggil sa nagkasala, ikaw ay pinagpala.

20 Ikaw ay aking tagapaglingkod; at ako ay nakikipagtipan sa iyo na ikaw ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan; at paglilingkuran mo ako at hahayo sa aking pangalan, at titipuning magkakasama ang aking mga tupa.

21 At siya na makikinig sa aking tinig ay magiging aking tupa; at siya ay tatanggapin mo sa loob ng simbahan, at siya ay akin ding tatanggapin.

And he said unto the king: Behold, here are many whom we have brought before thee, who are accused of their brethren; yea, and they have been taken in divers iniquities. And they do not repent of their iniquities; therefore we have brought them before thee, that thou mayest judge them according to their crimes.

But king Mosiah said unto Alma: Behold, I judge them not; therefore I deliver them into thy hands to be judged.

And now the spirit of Alma was again troubled; and he went and inquired of the Lord what he should do concerning this matter, for he feared that he should do wrong in the sight of God.

And it came to pass that after he had poured out his whole soul to God, the voice of the Lord came to him, saying:

Blessed art thou, Alma, and blessed are they who were baptized in the waters of Mormon. Thou art blessed because of thy exceeding faith in the words alone of my servant Abinadi.

And blessed are they because of their exceeding faith in the words alone which thou hast spoken unto them.

And blessed art thou because thou hast established a church among this people; and they shall be established, and they shall be my people.

Yea, blessed is this people who are willing to bear my name; for in my name shall they be called; and they are mine.

And because thou hast inquired of me concerning the transgressor, thou art blessed.

Thou art my servant; and I covenant with thee that thou shalt have eternal life; and thou shalt serve me and go forth in my name, and shalt gather together my sheep.

And he that will hear my voice shall be my sheep; and him shall ye receive into the church, and him will I also receive.

22 Sapagkat masdan, ito ay aking simbahan; sinuman ang mabibinyagan ay mabibinyagan tungo sa pagsisisi. At sinuman ang iyong tatanggapin ay maniniwala sa aking pangalan; at malaya ko siyang patatawarin.

23 Sapagkat ako ang magdadala ng mga kasalanan ng sanlibutan; sapagkat ako ang siyang lumikha sa kanila; at ako ang magbibigay sa kanya na naniniwala hanggang sa katapusan, ng isang lugar sa aking kanang kamay.

24 Sapagkat masdan, sa aking pangalan sila ay tinatawag; at kung nakikilala nila ako, sila ay magsisibangon, at magkakaroon ng lugar magpakailanman sa aking kanang kamay.

25 At ito ay mangyayari na kapag ang ikalawang pakakak ay tumunog, sa panahong iyon, sila na hindi kailanman nakakikilala sa akin ay babangon at titindig sa aking harapan.

26 At pagkatapos kanilang makikilala na ako ang Panginoon nilang Diyos, na ako ang kanilang Manunubos; subalit sila ay hindi matutubos.

27 At pagkatapos aking sasabihin sa kanila na kailanman ay hindi ko sila nakilala; at magsisilisan sila patungo sa walang hanggang apoy na inihanda para sa diyablo at sa kanyang mga anghel.

28 Sa gayon sinasabi ko sa iyo, siya na hindi makikinig sa aking tinig, ay siya ring hindi mo tatanggapin sa aking simbahan, sapagkat siya ay hindi ko tatanggapin sa huling araw.

29 Sa gayon sinasabi ko sa iyo, Humayo; at kung sinuman ang lalabag sa akin, siya ay hahatulan mo alinsunod sa mga kasalananang kanyang nagawa; at kung magtatapat siya ng kanyang mga kasalanan sa iyo at sa akin, at magsisisi nang taos sa kanyang puso, siya ay iyong patatawarin, at akin din siyang patatawarin.

30 Oo, at kasindalas na magsisisi ang aking mga tao ay akin silang patatawarin sa kanilang mga pagkakasala laban sa akin.

31 At inyo ring patatawarin ang mga pagkakasala ng isa't isa; sapagkat katotohanang sinabi ko sa iyo, siya na hindi magpapatawad sa mga pagkakasala ng kanyang kapwa kapag sinasabing nagsisisi na siya, siya rin ang magdadala sa kanyang sarili sa ilalim ng kahatulan.

For behold, this is my church; whosoever is baptized shall be baptized unto repentance. And whosoever ye receive shall believe in my name; and him will I freely forgive.

For it is I that taketh upon me the sins of the world; for it is I that hath created them; and it is I that granteth unto him that believeth unto the end a place at my right hand.

For behold, in my name are they called; and if they know me they shall come forth, and shall have a place eternally at my right hand.

And it shall come to pass that when the second trump shall sound then shall they that never knew me come forth and shall stand before me.

And then shall they know that I am the Lord their God, that I am their Redeemer; but they would not be redeemed.

And then I will confess unto them that I never knew them; and they shall depart into everlasting fire prepared for the devil and his angels.

Therefore I say unto you, that he that will not hear my voice, the same shall ye not receive into my church, for him I will not receive at the last day.

Therefore I say unto you, Go; and whosoever transgresseth against me, him shall ye judge according to the sins which he has committed; and if he confess his sins before thee and me, and repenteth in the sincerity of his heart, him shall ye forgive, and I will forgive him also.

Yea, and as often as my people repent will I forgive them their trespasses against me.

And ye shall also forgive one another your trespasses; for verily I say unto you, he that forgiveth not his neighbor's trespasses when he says that he repents, the same hath brought himself under condemnation.

32 Ngayon sinasabi ko sa iyo, Humayo; at kung sinuman ang hindi magsisisi ng kanyang mga kasalanan, siya rin ay hindi ibibilang sa aking mga tao; at ito ay susundin mula sa panahong ito.

33 At ito ay nangyari na, nang marinig ni Alma ang mga salitang ito na kanyang isinulat ang mga ito upang mapasakanya ang mga ito, at upang kanyang mahatulan ang mga tao ng simbahang yaon alinsunod sa mga kautusan ng Diyos.

34 At ito ay nangyari na, na humayo si Alma at hinatulan ang mga yaong nahuli sa kasamaan, alinsunod sa salita ng Panginoon.

35 At sinuman ang nagsisi ng kanilang mga kasalanan at ipinagtapat ang mga ito, sila ay kanyang ibinilang sa mga tao ng simbahan;

36 At ang mga yaong hindi nagtapat ng kanilang mga kasalanan at hindi nagsipagsisi ng kanilang kasamaan, sila rin ay hindi ibinilang sa mga tao ng simbahan, at binura ang kanilang mga pangalan.

37 At ito ay nangyari na, na pinamahalaan ni Alma ang lahat ng gawain ng simbahan; at sila ay nagsimulang muling magkaroon ng kapayapaan at umunlad nang labis sa mga gawain ng simbahan, maingat na lumalakad sa harapan ng Diyos, tumatanggap ng marami, at nagbibinyag ng marami.

38 At ngayon, ang lahat ng bagay na ito ay ginawa ni Alma at ng kanyang kapwa manggagawa sa lahat ng nasa simbahan, lumalakad nang buong sigasig, nagtuturo ng salita ng Diyos sa lahat ng bagay, nagdurusa ng lahat ng uri ng paghihirap, pinaguusig ng lahat ng yaong hindi kasapi sa simbahan ng Diyos.

39 At pinaaalalahanan nila ang kanilang mga kapatid; at sila ay pinaaalalahanan din, bawat isa sa pamamagitan ng salita ng Diyos, alinsunod sa kanyang mga kasalanan, o sa mga kasalananang kanyang nagawa, na inutusan ng Diyos na manalangin nang walang tigil, at magbigay-pasalamat sa lahat ng bagay.

Now I say unto you, Go; and whosoever will not repent of his sins the same shall not be numbered among my people; and this shall be observed from this time forward.

And it came to pass when Alma had heard these words he wrote them down that he might have them, and that he might judge the people of that church according to the commandments of God.

And it came to pass that Alma went and judged those that had been taken in iniquity, according to the word of the Lord.

And whosoever repented of their sins and did confess them, them he did number among the people of the church;

And those that would not confess their sins and repent of their iniquity, the same were not numbered among the people of the church, and their names were blotted out.

And it came to pass that Alma did regulate all the affairs of the church; and they began again to have peace and to prosper exceedingly in the affairs of the church, walking circumspectly before God, receiving many, and baptizing many.

And now all these things did Alma and his fellow laborers do who were over the church, walking in all diligence, teaching the word of God in all things, suffering all manner of afflictions, being persecuted by all those who did not belong to the church of God.

And they did admonish their brethren; and they were also admonished, every one by the word of God, according to his sins, or to the sins which he had committed, being commanded of God to pray without ceasing, and to give thanks in all things.

## Mosiah 27

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, na naging masidhi ang mga pag-uusig na ipinabata sa simbahan ng mga hindi naniniwala kung kaya't nagsimulang bumulung-bulong ang simbahan, at dumaing sa kanilang mga pinuno hinggil sa bagay na yaon; at dumaing sila kay Alma. At idinulog ni Alma ang karangan sa harapan ng kanilang hari, si Mosias. At si Mosias ay nakipagsanggunian sa kanyang mga saserdote.
- 2 At ito ay nangyari na, na si haring Mosias ay nagpadala ng isang pahayag sa lahat ng dako ng lupain sa palibot na hindi dapat usigin ng kahit na sinong hindi naniniwala ang sinuman sa mga yaong kasapi sa simbahan ng Diyos.
- 3 At nagkaroon ng mahigpit na utos sa lahat ng simbahan na hindi dapat magkaroon ng mga pag-uusig sa kanila, na nararapat magkaroon ng pagkakapantay-pantay sa lahat ng tao;
- 4 Na hindi nila nararapat hayaan ang kapalaluan ni ang pagkamapanghamak na gambalain ang kanilang kapayapaan; na dapat pahalagahan ng bawat tao ang kanyang kapwa tulad sa kanyang sarili, gumagawa sa pamamagitan ng sarili nilang mga kamay para sa kanilang panustos.
- 5 Oo, at ang lahat ng kanilang mga saserdote at guro ay nararapat na gumawa sa pamamagitan ng sarili nilang mga kamay para sa kanilang panustos, sa lahat ng pagkakataon maliban sa karamdaman, o sa malaking pangangailangan; at sa paggawa ng mga bagay na ito, sila ay nanagana sa biyaya ng Diyos.
- 6 At nagsimulang muling magkaroon ng labis na kapayapaan sa lupain; at ang mga tao ay nagsimulang labis na dumami, at nagsimulang kumalat nang malawakan sa balat ng lupa, oo, sa hilaga at sa timog, sa silangan at sa kanluran, nagtatayo ng malalaking lunsod at nayon sa lahat ng sulok ng lupain.
- 7 At dinalaw sila ng Panginoon at pinaunlad sila, at sila ay naging marami at mayayamang tao.

## Mosiah 27

And now it came to pass that the persecutions which were inflicted on the church by the unbelievers became so great that the church began to murmur, and complain to their leaders concerning the matter; and they did complain to Alma. And Alma laid the case before their king, Mosiah. And Mosiah consulted with his priests.

And it came to pass that king Mosiah sent a proclamation throughout the land round about that there should not any unbeliever persecute any of those who belonged to the church of God.

And there was a strict command throughout all the churches that there should be no persecutions among them, that there should be an equality among all men;

That they should let no pride nor haughtiness disturb their peace; that every man should esteem his neighbor as himself, laboring with their own hands for their support.

Yea, and all their priests and teachers should labor with their own hands for their support, in all cases save it were in sickness, or in much want; and doing these things, they did abound in the grace of God.

And there began to be much peace again in the land; and the people began to be very numerous, and began to scatter abroad upon the face of the earth, yea, on the north and on the south, on the east and on the west, building large cities and villages in all quarters of the land.

And the Lord did visit them and prosper them, and they became a large and wealthy people.

- 8 Ngayon, ang mga anak na lalaki ni Mosias ay nabibilang sa mga hindi naniniwala; at gayon din, ang isa sa mga anak na lalaki ni Alma ay nabilang sa kanila, siya na tinatawag na Alma alinsunod sa kanyang ama; gayon pa man, siya ay naging napakasama at isang lalaking sumasamba sa mga diyus-diyusan. At siya ay isang lalaking bihasa sa pananalita, at nangusap siya ng maraming panghihibok sa mga tao; anupa't naakay niya ang marami sa mga tao na gumawa alinsunod sa uri ng kanyang mga kasamaan.
- 9 At siya ay naging isang malaking sagabal sa kaunlaran ng simbahan ng Diyos; inaakay papalayo ang mga puso ng mga tao; nagiging dahilan ng maraming pagtatalo sa mga tao; nagbibigay ng pagkakataon sa kaaway ng Diyos na magamit ang kanyang kapangyarihan sa kanila.
- 10 At ngayon ito ay nangyari na, na habang siya ay nagpapalibut-libot kanyang isinasagawa ang pagwasak sa simbahan ng Diyos, sapagkat siya ay lumibot nang palihim kasama ang mga anak ni Mosias na naghahangad na wasakin ang simbahan, at upang iligaw ang mga tao ng Panginoon, taliwas sa mga kautusan ng Diyos, o maging ng hari—
- 11 At tulad ng aking sinabi sa inyo, habang sila ay nagpapalibut-libot at naghihimagsik laban sa Diyos, masdan, ang anghel ng Panginoon ay nagpakita sa kanila; at siya ay bumaba na waring nasa ulap; at siya ay nangusap na katulad ng tinig ng kulog, na naging dahilan upang mayanig ang lupang kanilang kinatatayuan;
- 12 At labis ang kanilang panggigilalas, kung kaya't bumagsak sila sa lupa, at hindi naunawaan ang mga salitang kanyang sinabi sa kanila.
- 13 Gayon pa man sumigaw siyang muli, sinasabing: Alma, magbangon ka at tumindig, sapagkat bakit mo inuusig ang simbahan ng Diyos? Sapagkat sinabi ng Panginoon: Ito ay aking simbahan, at aking itatag ito; at walang anumang makapagpapabagsak dito, maliban sa pagkakasala ng aking mga tao.

Now the sons of Mosiah were numbered among the unbelievers; and also one of the sons of Alma was numbered among them, he being called Alma, after his father; nevertheless, he became a very wicked and an idolatrous man. And he was a man of many words, and did speak much flattery to the people; therefore he led many of the people to do after the manner of his iniquities.

And he became a great hinderment to the prosperity of the church of God; stealing away the hearts of the people; causing much dissension among the people; giving a chance for the enemy of God to exercise his power over them.

And now it came to pass that while he was going about to destroy the church of God, for he did go about secretly with the sons of Mosiah seeking to destroy the church, and to lead astray the people of the Lord, contrary to the commandments of God, or even the king—

And as I said unto you, as they were going about rebelling against God, behold, the angel of the Lord appeared unto them; and he descended as it were in a cloud; and he spake as it were with a voice of thunder, which caused the earth to shake upon which they stood;

And so great was their astonishment, that they fell to the earth, and understood not the words which he spake unto them.

Nevertheless he cried again, saying: Alma, arise and stand forth, for why persecutest thou the church of God? For the Lord hath said: This is my church, and I will establish it; and nothing shall overthrow it, save it is the transgression of my people.



14 At muli, sinabi ng anghel: Masdan, napakinggan ng Panginoon ang mga panalangin ng kanyang mga tao, at gayon din ang mga panalangin ng kanyang tagapaglingkod na si Alma, na iyong ama; sapagkat nanalangin siya nang may labis na pananampalataya hinggil sa iyo na baka sakaling madala ka sa kaalaman ng katotohanan; anupa't dahil sa layuning ito ako ay naparito upang papaniwalain ka sa kapangyarihan at karapatan ng Diyos, upang ang mga panalangin ng kanyang mga tagapaglingkod ay matugon alinsunod sa kanilang pananampalataya.

15 At ngayon masdan, mag-aalinlangan ka pa ba sa kapangyarihan ng Diyos? Sapagkat masdan, hindi ba't niyayanig ng aking tinig ang lupa? At hindi mo rin ba ako namamasdan sa iyong harapan? At ako ay isinugo mula sa Diyos.

16 Ngayon sinabi ko sa inyo: Humayo, at alalahanin ang pagkakabihag ng inyong mga ama sa lupain ng Helam, at sa lupain ng Nephi; at pakatandaan kung gaano kadakila ang mga bagay na kanyang ginawa para sa kanila; sapagkat sila ay nasa pagkaalipin, at kanyang pinalaya sila. At ngayon sinasabi ko sa iyo, Alma, humayo ka sa iyong landas, at huwag nang muling hangarin pang wasakin ang simbahan, upang ang kanilang mga panalangin ay matugon, at ito ay kahit na nga ikaw sa iyong sarili ay itakwil.

17 At ngayon ito ay nangyari na, na ito ang mga huling salitang sinabi ng anghel kay Alma, at siya ay lumisan.

18 At ngayon, si Alma at ang yaong mga kasama niya ay muling nalugmok sa lupa, sapagkat labis ang kanilang panggigilalas; sapagkat sa pamamagitan ng kanilang sariling mga mata sila ay nakamalas ng isang anghel ng Panginoon; at ang kanyang tinig ay tulad ng kulog, na yumanig sa lupa; at alam nila na walang anumang bagay maliban sa kapangyarihan ng Diyos ang makapagpapayanig sa lupa at nagawa itong payanigin na parang ito ay mabibiyak.

19 At ngayon, labis ang panggigilalas ni Alma kaya't siya ay napipi, na hindi niya maibuka ang kanyang bibig; oo, at siya ay nanghina, maging sa hindi niya maigalaw ang kanyang mga kamay; kaya nga, siya ay kinuha ng kanyang mga kasama, at binuhat na nanghihina, maging hanggang sa siya ay ilapag sa harapan ng kanyang ama.

And again, the angel said: Behold, the Lord hath heard the prayers of his people, and also the prayers of his servant, Alma, who is thy father; for he has prayed with much faith concerning thee that thou mightest be brought to the knowledge of the truth; therefore, for this purpose have I come to convince thee of the power and authority of God, that the prayers of his servants might be answered according to their faith.

And now behold, can ye dispute the power of God? For behold, doth not my voice shake the earth? And can ye not also behold me before you? And I am sent from God.

Now I say unto thee: Go, and remember the captivity of thy fathers in the land of Helam, and in the land of Nephi; and remember how great things he has done for them; for they were in bondage, and he has delivered them. And now I say unto thee, Alma, go thy way, and seek to destroy the church no more, that their prayers may be answered, and this even if thou wilt of thyself be cast off.

And now it came to pass that these were the last words which the angel spake unto Alma, and he departed.

And now Alma and those that were with him fell again to the earth, for great was their astonishment; for with their own eyes they had beheld an angel of the Lord; and his voice was as thunder, which shook the earth; and they knew that there was nothing save the power of God that could shake the earth and cause it to tremble as though it would part asunder.

And now the astonishment of Alma was so great that he became dumb, that he could not open his mouth; yea, and he became weak, even that he could not move his hands; therefore he was taken by those that were with him, and carried helpless, even until he was laid before his father.

20 At kanilang inilahad sa kanyang ama ang lahat ng nangyari sa kanila; at ang kanyang ama ay nagsaya, sapagkat nalalaman niya na ito ang kapangyarihan ng Diyos.

21 At kanyang pinapangyaring sama-samang magtipon ang maraming tao upang masaksihan nila kung ano ang ginawa ng Panginoon para sa kanyang anak, at gayon din sa mga kasama niya.

22 At kanyang pinapangyari na sama-samang tipunin ng mga saserdote ang kanilang sarili na magkakasama; at sila ay nagsimulang mag-ayuno, at manalangin sa Panginoon nilang Diyos upang kanyang buksan ang bibig ni Alma, upang siya ay makapagsalita, at upang matanggap din ng kanyang mga bisig ang mga lakas nito—upang mabuksan ang mga mata ng mga tao nang makita at malaman ang kabutihan at kaluwalhatian ng Diyos.

23 At ito ay nangyari na, na matapos silang mag-ayuno at manalangin sa loob ng dalawang araw at dalawang gabi, natanggap ng mga biyas ni Alma ang mga lakas nito, at siya ay tumindig at nagsimula siyang mangusap sa kanila, sinabihan silang magkaroon ng lakas ng loob:

24 Sapagkat, sinabi niya, nagsisi na ako sa aking mga kasalanan, at tinubos ng Panginoon; masdan, isinilang ako sa espiritu.

25 At sinabi sa akin ng Panginoon: Huwag manggilalas na ang buong sangkatauhan, oo, kalalakihan at kababaihan, lahat ng bansa, lahi, wika at tao, ay kinakailangang isilang na muli; oo, isilang sa Diyos, nagbago mula sa makamundo at pagkahulog na kalagayan, tungo sa kalagayan ng kabutihan, na tinubos ng Diyos, naging kanyang mga anak na lalaki at anak na babae;

26 At sa gayon sila naging mga bagong nilikha; at maliban kung kanilang gagawin ito, hindi nila mamamana sa anumang paraan ang kaharian ng Diyos.

27 Sinasabi ko sa inyo, maliban sa ito ang maging kalagayan, ay kinakailangan silang itakwil; at ito ay nalalaman ko, sapagkat halos maitakwil ako.

28 Gayon pa man, matapos dumanas ng maraming kahirapan, halos mamatay sa pagsisisi, sa awa ng Panginoon ay minarapat na agawin ako sa walang hanggang pagningas, at ako ay isinilang sa Diyos.

And they rehearsed unto his father all that had happened unto them; and his father rejoiced, for he knew that it was the power of God.

And he caused that a multitude should be gathered together that they might witness what the Lord had done for his son, and also for those that were with him.

And he caused that the priests should assemble themselves together; and they began to fast, and to pray to the Lord their God that he would open the mouth of Alma, that he might speak, and also that his limbs might receive their strength—that the eyes of the people might be opened to see and know of the goodness and glory of God.

And it came to pass after they had fasted and prayed for the space of two days and two nights, the limbs of Alma received their strength, and he stood up and began to speak unto them, bidding them to be of good comfort:

For, said he, I have repented of my sins, and have been redeemed of the Lord; behold I am born of the Spirit.

And the Lord said unto me: Marvel not that all mankind, yea, men and women, all nations, kindreds, tongues and people, must be born again; yea, born of God, changed from their carnal and fallen state, to a state of righteousness, being redeemed of God, becoming his sons and daughters;

And thus they become new creatures; and unless they do this, they can in nowise inherit the kingdom of God.

I say unto you, unless this be the case, they must be cast off; and this I know, because I was like to be cast off.

Nevertheless, after wading through much tribulation, repenting nigh unto death, the Lord in mercy hath seen fit to snatch me out of an everlasting burning, and I am born of God.

- 29 Ang aking kaluluwa ay natubos mula sa kasukdulan ng kapaitan at mga gapos ng kasamaan. Ako ay nasa pinakamadilim na kailaliman noon; subalit ngayon namamasdan ko ang kagila-gilalas na liwanag ng Diyos. Ang aking kaluluwa ay pinahirapan ng walang hanggang parusa; subalit ako ay inagaw, at ang aking kaluluwa ay hindi na muling nagdusa.
- 30 Itinakwil ko ang aking Manunubos, at tinanggihan ang mga yaong sinabi ng ating mga ama; subalit ngayon upang kanilang makini-kinita na siya ay paparito, at na kanyang naaalaala ang lahat ng nilalang na kanyang nilikha; ipakikita niya sa lahat ang kanyang sarili.
- 31 Oo, ang bawat tuhod ay magsisiluhod, at ang bawat dila ay magtatapat sa kanyang harapan. Oo, maging sa huling araw, kapag lahat ng tao ay magsisitindig upang hatulan niya, sa panahong yaon kanilang kikilalanin na siya ay Diyos; pagkatapos ay kikilalanin nila, na mga nabubuhay ng walang dini-Diyos sa daigdig, na ang kahatulan ng walang hanggang kaparusahan ay makatwiran para sa kanila; at sila ay mayayanig, at manginginig, at manliliit sa ilalim ng sulyap ng kanyang lubusang mapanuring mata.
- 32 At ngayon ito ay nangyari na, na simula sa panahong ito ay nagsimula nang magturo si Alma sa mga tao, at yaon ding mga kasama ni Alma sa panahong nagpakita sa kanila ang anghel, naglalakbay sa palibot ng buong lupain, naghahayag sa lahat ng tao ng mga bagay na kanilang narinig at nakita, at ipinangangaral ang salita ng Diyos sa labis na paghihirap, na labis na pinag-uusig ng yaong mga hindi naniniwala, na binabagabag ng marami sa kanila.
- 33 Subalit sa kabila ng lahat ng ito, sila ay nakapagbigay ng labis na kasiyahan sa simbahan, pinagtitibay ang kanilang pananampalataya, at pinapayuhan sila nang may mahabang pagtitiis at labis na paghihirap upang sundin ang mga kautusan ng Diyos.
- 34 At apat sa kanila ang mga anak na lalaki ni Mosias; at ang kanilang mga pangalan ay Ammon, at Aaron, at Omner, at Himni; ito ang mga pangalan ng mga anak ni Mosias.

My soul hath been redeemed from the gall of bitterness and bonds of iniquity. I was in the darkest abyss; but now I behold the marvelous light of God. My soul was racked with eternal torment; but I am snatched, and my soul is pained no more.

I rejected my Redeemer, and denied that which had been spoken of by our fathers; but now that they may foresee that he will come, and that he remembereth every creature of his creating, he will make himself manifest unto all.

Yea, every knee shall bow, and every tongue confess before him. Yea, even at the last day, when all men shall stand to be judged of him, then shall they confess that he is God; then shall they confess, who live without God in the world, that the judgment of an everlasting punishment is just upon them; and they shall quake, and tremble, and shrink beneath the glance of his all-searching eye.

And now it came to pass that Alma began from this time forward to teach the people, and those who were with Alma at the time the angel appeared unto them, traveling round about through all the land, publishing to all the people the things which they had heard and seen, and preaching the word of God in much tribulation, being greatly persecuted by those who were unbelievers, being smitten by many of them.

But notwithstanding all this, they did impart much consolation to the church, confirming their faith, and exhorting them with long-suffering and much travail to keep the commandments of God.

And four of them were the sons of Mosiah; and their names were Ammon, and Aaron, and Omner, and Himni; these were the names of the sons of Mosiah.

35 At sila ay naglakbay sa lahat ng dako ng buong lupain ng Zarahemla, at sa lahat ng tao na nasa ilalim ng paghahari ni haring Mosias, buong sigasig na nagsusumikap na maisaayos ang lahat ng kapinsalaang kanilang nagawa sa simbahan, ipinagtatapat ang lahat ng kanilang kasalanan, at inihahayag ang lahat ng bagay na kanilang nakita, at ipinaliliwanag ang mga propesiya at banal na kasulatan sa lahat ng nagnanais na marinig ang mga ito.

36 At sa gayon sila ay naging mga kasangkapan sa mga kamay ng Diyos sa pagdadala ng marami sa kaalaman ng katotohanan, oo, sa kaalaman ng kanilang Manunubos.

37 At gaano sila pinagpala! Sapagkat sila ay naghayag ng kapayapaan; sila ay naghayag ng mabuting balita ng kabutihan; at kanilang sinabi sa mga tao na naghahari ang Panginoon.

And they traveled throughout all the land of Zarahemla, and among all the people who were under the reign of king Mosiah, zealously striving to repair all the injuries which they had done to the church, confessing all their sins, and publishing all the things which they had seen, and explaining the prophecies and the scriptures to all who desired to hear them.

And thus they were instruments in the hands of God in bringing many to the knowledge of the truth, yea, to the knowledge of their Redeemer.

And how blessed are they! For they did publish peace; they did publish good tidings of good; and they did declare unto the people that the Lord reigneth.

## Mosiah 28

- 1 Ngayon ito ay nangyari na, na matapos magawa ng mga anak na lalaki ni Mosias ang lahat ng bagay na ito, sila ay nagsama ng maliit na bilang at nagbalik sa kanilang ama, ang hari, at hiniling sa kanya na kanyang pahintulutan sila, na sila, kasama ang mga yaong kanilang pinili ay umahon sa lupain ng Nephi, upang maipangaral nila ang mga bagay na kanilang narinig, at upang maibahagi nila ang salita ng Diyos sa kanilang mga kapatid, ang mga Lamanita—
- 2 Na baka sakaling kanilang madala sila sa kaalaman ng Panginoon nilang Diyos, at mapaniwala sila sa kasamaan ng kanilang mga ama; na baka sakaling malunasan nila ang kanilang kapootan sa mga Nephita, na sila rin ay madala upang magalak sa Panginoon nilang Diyos, upang sila ay maging magiliw sa isa't isa, at upang hindi na muling magkaroon pa ng mga alitan sa lahat ng lupaing ibinigay sa kanila ng Panginoon nilang Diyos.
- 3 Ngayon, sila ay nagnais na ipahayag ang kaligtasan sa bawat nilikha, sapagkat hindi nila maatim na ang sinumang kaluluwa ng tao ay masawi; oo, maging ang isipin lamang na ang sinumang kaluluwa ay magtiis ng walang hanggang pagdurusa ay naging dahilan upang sila ay mayanig at manginig.
- 4 At sa gayon ang Espiritu ng Panginoon ay kumilos sa kanila, sapagkat sila noon ang pinakamasama sa lahat ng makasalanan. At minarapat ng Panginoon sa kanyang walang hanggang awa na kaawaan sila; gayon pa man sila ay nagdusa sa labis na dalamhati ng kaluluwa dahil sa kanilang mga kasamaan, nagdurusa nang labis at natatakot na sila ay itakwil magpakailanman.
- 5 At ito ay nangyari na, na sila ay nagmakaawa sa kanilang ama ng maraming araw upang makaahon sila sa lupain ng Nephi.
- 6 At si haring Mosias ay humayo at nagtanong sa Panginoon kung nararapat ba niyang pahintulutan ang kanyang mga anak na umahon sa mga Lamanita upang ipangaral ang salita.

## Mosiah 28

Now it came to pass that after the sons of Mosiah had done all these things, they took a small number with them and returned to their father, the king, and desired of him that he would grant unto them that they might, with these whom they had selected, go up to the land of Nephi that they might preach the things which they had heard, and that they might impart the word of God to their brethren, the Lamanites—

That perhaps they might bring them to the knowledge of the Lord their God, and convince them of the iniquity of their fathers; and that perhaps they might cure them of their hatred towards the Nephites, that they might also be brought to rejoice in the Lord their God, that they might become friendly to one another, and that there should be no more contentions in all the land which the Lord their God had given them.

Now they were desirous that salvation should be declared to every creature, for they could not bear that any human soul should perish; yea, even the very thoughts that any soul should endure endless torment did cause them to quake and tremble.

And thus did the Spirit of the Lord work upon them, for they were the very vilest of sinners. And the Lord saw fit in his infinite mercy to spare them; nevertheless they suffered much anguish of soul because of their iniquities, suffering much and fearing that they should be cast off forever.

And it came to pass that they did plead with their father many days that they might go up to the land of Nephi.

And king Mosiah went and inquired of the Lord if he should let his sons go up among the Lamanites to preach the word.

- 7 At sinabi ng Panginoon kay Mosias: Pahintulutan mo silang umahon, sapagkat maraming maniniwala sa kanilang mga salita, at sila ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan; at aking ililigtas ang iyong mga anak mula sa mga kamay ng mga Lamanita.
- 8 At ito ay nangyari na, na pinahintulutan sila ni Mosias na makaalis at gawin ang naaayon sa kanilang kahilingan.
- 9 At naglakbay sila paahon sa ilang upang ipangaral ang salita sa mga Lamanita; at aking ibibigay ang ulat ng kanilang mga hakbangin pagkaraan nito.
- 10 Ngayon, si haring Mosias ay wala ni isa mang magawaran ng kaharian, sapagkat walang sinuman sa kanyang mga anak ang tatanggap ng kaharian.
- 11 Samakatwid kinuha niya ang mga talaang nauukit sa mga laminang tanso, at gayon din ang mga lamina ni Nephi, at lahat ng bagay na kanyang iningatan at pinangalagaan alinsunod sa mga kautusan ng Diyos, matapos na maisalin at pinapangyaring isulat ang mga talaan na nasa mga laminang ginto na natagpuan ng mga tao ni Limhi, na ibinigay sa kanya ng mga kamay ni Limhi;
- 12 At kanyang ginawa ito dahil sa labis na pananabik ng kanyang mga tao; sapagkat ninanais nila nang hindi masusukat na malaman ang hinggil sa mga yaong taong nalipol.
- 13 At ngayon, kanyang isinalin ang mga ito sa pamamagitan ng dalawang batong yaon na nakakabit sa dalawang pinilipit na balantok.
- 14 Ngayon, ang mga bagay na ito ay inihanda mula pa sa simula at ipinasa-pasa sa bawat sali't salinlahi, para sa layuning maipaliwanag ang mga wika;
- 15 At ang mga ito ay iningatan at pinangalagaan ng mga kamay ng Panginoon, upang kanyang maipaalam sa bawat nilikhang aangkin sa lupain ang mga kasamaan at mga karumal-dumal na gawain ng kanyang mga tao;
- 16 At sinuman ang nagtataglay ng mga bagay na ito ay tinatawag na tagakita, alinsunod sa mga sinaunang panahon.

And the Lord said unto Mosiah: Let them go up, for many shall believe on their words, and they shall have eternal life; and I will deliver thy sons out of the hands of the Lamanites.

And it came to pass that Mosiah granted that they might go and do according to their request.

And they took their journey into the wilderness to go up to preach the word among the Lamanites; and I shall give an account of their proceedings hereafter.

Now king Mosiah had no one to confer the kingdom upon, for there was not any of his sons who would accept of the kingdom.

Therefore he took the records which were engraven on the plates of brass, and also the plates of Nephi, and all the things which he had kept and preserved according to the commandments of God, after having translated and caused to be written the records which were on the plates of gold which had been found by the people of Limhi, which were delivered to him by the hand of Limhi;

And this he did because of the great anxiety of his people; for they were desirous beyond measure to know concerning those people who had been destroyed.

And now he translated them by the means of those two stones which were fastened into the two rims of a bow.

Now these things were prepared from the beginning, and were handed down from generation to generation, for the purpose of interpreting languages;

And they have been kept and preserved by the hand of the Lord, that he should discover to every creature who should possess the land the iniquities and abominations of his people;

And whosoever has these things is called seer, after the manner of old times.

17 Ngayon, nang matapos ni Mosias ang pagsasalin ng mga talaang ito, masdan, nagbigay ito ng ulat ng mga taong nalipol, mula sa panahong sila ay nalipol pabalik sa pagtatayo ng malaking tore, sa panahong nilito ng Panginoon ang wika ng mga tao at sila ay ikinalat nang malawakan sa balat ng lupa, oo, at maging mula sa panahong yaon pabalik hanggang sa paglikha kay Adan.

18 Ngayon, ang ulat na ito ay naging dahilan upang magdalamatang ang mga tao ni Mosias nang labis, oo, napuspos sila ng kalungkutan; gayon pa man nakapagbigay ito sa kanila ng maraming kaalaman, na kung saan sila ay nagalak.

19 At ang ulat na ito ay isusulat pagkaraan nito; sapagkat masdan, kapaki-pakinabang na malaman ng lahat ng tao ang mga bagay na nasusulat sa ulat na ito.

20 At ngayon, tulad ng nasabi ko na sa inyo, na matapos gawin ni haring Mosias ang mga bagay na ito, kanyang kinuha ang mga laminang tanso, at lahat ng bagay na kanyang iningatan, at iginawad ang mga ito kay Alma, na anak ni Alma; oo, lahat ng talaan, at gayon din ang mga pansalin, at iginawad ang mga ito sa kanya, at inutusan siya na nararapat niyang ingatan at pangalagaan ang mga ito, at maging din ng isang talaan ng mga tao, na ipasa-pasa ang mga ito sa bawat sali't salinlahi, maging tulad ng pagpapasa-pasa ng mga ito mula sa panahong nilisan ni Lehi ang Jerusalem.

Now after Mosiah had finished translating these records, behold, it gave an account of the people who were destroyed, from the time that they were destroyed back to the building of the great tower, at the time the Lord confounded the language of the people and they were scattered abroad upon the face of all the earth, yea, and even from that time back until the creation of Adam.

Now this account did cause the people of Mosiah to mourn exceedingly, yea, they were filled with sorrow; nevertheless it gave them much knowledge, in the which they did rejoice.

And this account shall be written hereafter; for behold, it is expedient that all people should know the things which are written in this account.

And now, as I said unto you, that after king Mosiah had done these things, he took the plates of brass, and all the things which he had kept, and conferred them upon Alma, who was the son of Alma; yea, all the records, and also the interpreters, and conferred them upon him, and commanded him that he should keep and preserve them, and also keep a record of the people, handing them down from one generation to another, even as they had been handed down from the time that Lehi left Jerusalem.

## Mosiah 29

- 1 Ngayon, nang magawa ito ni Mosias, nagpasabi siya sa lahat ng dako ng buong lupain, sa lahat ng tao, nagnanais na malaman ang kanilang kalooban hinggil sa kung sino ang dapat nilang maging hari.
- 2 At ito ay nangyari na, na ang tinig ng mga tao ay nagpahayag, sinasabing: Kami ay nagnanais na si Aaron na inyong anak ang maging aming hari at aming tagapamahala.
- 3 Ngayon, nagtungo si Aaron sa lupain ng Nephi, kaya nga hindi maaaring igawad ng hari sa kanya ang kaharian; ni ang tanggapin din ni Aaron ang kaharian; ni sinuman sa mga anak na lalaki ni Mosias ang handang tumanggap sa kaharian.
- 4 Samakatwid, si haring Mosias ay muling nagpasabi sa mga tao; oo, maging isang nasusulat na salita ang kanyang ipinadala sa mga tao. At ito ang mga salitang nasusulat, sinasabing:
- 5 Masdan, O kayong mga tao ko, o aking mga kapatid, sapagkat itinuturing ko kayong gayon, nais kong inyong isaalang-alang ang dahilan kung saan tinawag kayo na magsaalang-alang—sapagkat kayo ay nagnanais na magkaroon ng isang hari.
- 6 Ngayon aking ipinahahayag sa inyo na tumanggi ang siyang may karapatang magmay-ari ng kaharian, at hindi niya tatanggapin ang kaharian.
- 7 At ngayon kung maghirang nang iba na kahalili niya, masdan, natatakot akong baka pagmulan ito ng mga alitan sa inyo. At sino ang makaaalam na ang aking anak, na siyang may karapatang magmay-ari ng kaharian, ay magsimulang magalit at mayakag ang bahagi ng mga taong ito, na magiging dahilan ng mga digmaan at alitan sa inyo, na magiging dahilan ng pagdanak ng maraming dugo at pagliligaw sa landas ng Panginoon, oo, at wasakin ang kaluluwa ng maraming tao.
- 8 Ngayon sinasabi ko sa inyo na tayo ay maging matalino at isaalang-alang ang mga bagay na ito, sapagkat wala tayong karapatang wasakin ang aking anak, ni ang may karapatan tayong wasakin ang iba kung siya ang hihirangang kahalili niya.

## Mosiah 29

Now when Mosiah had done this he sent out throughout all the land, among all the people, desiring to know their will concerning who should be their king.

And it came to pass that the voice of the people came, saying: We are desirous that Aaron thy son should be our king and our ruler.

Now Aaron had gone up to the land of Nephi, therefore the king could not confer the kingdom upon him; neither would Aaron take upon him the kingdom; neither were any of the sons of Mosiah willing to take upon them the kingdom.

Therefore king Mosiah sent again among the people; yea, even a written word sent he among the people. And these were the words that were written, saying:

Behold, O ye my people, or my brethren, for I esteem you as such, I desire that ye should consider the cause which ye are called to consider—for ye are desirous to have a king.

Now I declare unto you that he to whom the kingdom doth rightly belong has declined, and will not take upon him the kingdom.

And now if there should be another appointed in his stead, behold I fear there would rise contentions among you. And who knoweth but what my son, to whom the kingdom doth belong, should turn to be angry and draw away a part of this people after him, which would cause wars and contentions among you, which would be the cause of shedding much blood and perverting the way of the Lord, yea, and destroy the souls of many people.

Now I say unto you let us be wise and consider these things, for we have no right to destroy my son, neither should we have any right to destroy another if he should be appointed in his stead.



- 9 At kung ang aking anak ay muling magbalik sa kanyang kapalaluan at sa mga bagay na walang kabuluhan ay babawiin niya ang mga bagay na kanyang nasabi na, at aangkinin ang kanyang karapatan sa kaharian, na magiging dahilan upang makagawa siya at ang mga tao ring ito ng maraming kasalanan.
- 10 At ngayon, tayo ay maging matalino at asahan natin ang mga bagay na ito, at gawin ang yaong makapapayapa sa mga taong ito.
- 11 Kaya nga, ako ang inyong magiging hari sa mga nalalabi ko pang mga araw; gayon pa man, tayo ay maghirang ng mga hukom, upang hatulan ang mga taong ito alinsunod sa ating batas; at muli nating isasaayos ang mga gawain ng mga taong ito, sapagkat maghihirang tayo ng matatalinong tao na maging mga hukom, na hahatol sa mga taong ito alinsunod sa mga kautusan ng Diyos.
- 12 Ngayon, higit na mabuti na ang isang tao ay hatulan ng Diyos kaysa ng tao, sapagkat ang mga kahatulan ng Diyos ay laging makatarungan, subalit ang mga kahatulan ng tao ay hindi laging makatarungan.
- 13 Sa gayon, kung maaaring magkaroon kayo ng mga makatarungang tao na maging mga hari ninyo, na magpapatibay sa mga batas ng Diyos, at hahatulan ang mga taong ito alinsunod sa kanyang mga kautusan, oo, kung maaari kayong magkaroon ng mga tao na maging mga hari ninyo na gagawa ng tulad ng aking amang si Benjamin para sa mga taong ito—sinasabi ko sa inyo, kung maaari na laging ganito ang pangyayari, kung gayon ay kapaki-pakinabang na lagi kayong magkaroon ng mga haring mamamahala sa inyo.
- 14 At maging ako rin ay gumawa nang buong kapangyarihan at mga kakayahang aking taglay, upang turuan kayo ng mga kautusan ng Diyos, at upang panatilihin ang kapayapaan sa lahat ng dako ng lupain, nang hindi na magkaroon ng mga digmaan ni mga alitan man, walang pagnanakaw, ni pandarambong, ni pagpaslang, ni anumang uri ng kasamaan;
- 15 At sinuman ang nakagagawa ng kasamaan, akin siyang pinarusahan alinsunod sa bigat ng kasalanang kanyang nagawa, alinsunod sa batas na ibinigay sa atin ng ating mga ama.

And if my son should turn again to his pride and vain things he would recall the things which he had said, and claim his right to the kingdom, which would cause him and also this people to commit much sin.

And now let us be wise and look forward to these things, and do that which will make for the peace of this people.

Therefore I will be your king the remainder of my days; nevertheless, let us appoint judges, to judge this people according to our law; and we will newly arrange the affairs of this people, for we will appoint wise men to be judges, that will judge this people according to the commandments of God.

Now it is better that a man should be judged of God than of man, for the judgments of God are always just, but the judgments of man are not always just.

Therefore, if it were possible that you could have just men to be your kings, who would establish the laws of God, and judge this people according to his commandments, yea, if ye could have men for your kings who would do even as my father Benjamin did for this people—I say unto you, if this could always be the case then it would be expedient that ye should always have kings to rule over you.

And even I myself have labored with all the power and faculties which I have possessed, to teach you the commandments of God, and to establish peace throughout the land, that there should be no wars nor contentions, no stealing, nor plundering, nor murdering, nor any manner of iniquity;

And whosoever has committed iniquity, him have I punished according to the crime which he has committed, according to the law which has been given to us by our fathers.

16 Ngayon sinasabi ko sa inyo, na sapagkat ang lahat ng tao ay hindi makatarungan ay hindi kapakipakinabang na magkaroon kayo ng isang hari o mga haring mamamahala sa inyo.

17 Sapagkat masdan, gaano kalaking kasamaan ang itinulot na magawa ng isang masamang hari, oo, at gaano kalaking pagkawasak!

18 Oo, alalahanin si haring Noe, ang kanyang kasamaan at mga karumal-dumal na gawain, at gayon din ang kasamaan at mga karumal-dumal na gawain ng kanyang mga tao. Masdan, anong laking pagkawasak ang sumapit sa kanila; at dahil din sa kanilang mga kasamaan ay nadala sila sa pagkaalipin.

19 At kung hindi dahil sa pamamagitan ng kanilang lubos na matalinong Lumikha, at dahil ito sa kanilang matapat na pagsisisi, tiyak na di maiiwasang manatili sila sa pagkaalipin hanggang sa ngayon.

20 Subalit masdan, kanyang pinalaya sila dahil sa nagpakumbaba sila ng kanilang sarili sa kanyang harapan; at dahil sa nagsumamo sila nang mataimtim sa kanya ay kanyang pinalaya sila mula sa pagkaalipin; at sa gayon gumagawa ang Panginoon sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan sa lahat ng pagkakataon sa mga anak ng tao, inuunat ang bisig ng kanyang awa sa kanila na nagbibigay ng kanilang tiwala sa kanya.

21 At masdan, sinasabi ko sa inyo, hindi ninyo maaaring mapababa sa luklukan ang isang masamang hari maliban sa pamamagitan ng labis na alitan, at sa pagpapadanak ng maraming dugo.

22 Sapagkat masdan, may mga kaibigan siya sa kasamaan, at pinananatili niya ang kanyang mga bantay sa kanyang paligid; at kanyang pinupunit ang mga batas ng yaong mga sinundan niya na namahala sa katwiran; at niyuyurakan niya sa ilalim ng kanyang mga paa ang mga kautusan ng Diyos;

Now I say unto you, that because all men are not just it is not expedient that ye should have a king or kings to rule over you.

For behold, how much iniquity doth one wicked king cause to be committed, yea, and what great destruction!

Yea, remember king Noah, his wickedness and his abominations, and also the wickedness and abominations of his people. Behold what great destruction did come upon them; and also because of their iniquities they were brought into bondage.

And were it not for the interposition of their all-wise Creator, and this because of their sincere repentance, they must unavoidably remain in bondage until now.

But behold, he did deliver them because they did humble themselves before him; and because they cried mightily unto him he did deliver them out of bondage; and thus doth the Lord work with his power in all cases among the children of men, extending the arm of mercy towards them that put their trust in him.

And behold, now I say unto you, ye cannot dethrone an iniquitous king save it be through much contention, and the shedding of much blood.

For behold, he has his friends in iniquity, and he keepeth his guards about him; and he teareth up the laws of those who have reigned in righteousness before him; and he trampleth under his feet the commandments of God;

- 23 At gumagawa siya ng mga batas, at ipinadadala ang mga ito sa kanyang mga tao, oo, mga batas alinsunod sa kanyang sariling kasamaan; at kung sinuman ang hindi susunod sa kanyang mga batas ay papangyarihin niyang lipulin; at kung sinuman ang maghihimagsik laban sa kanya ay ipadadala niya ang kanyang mga hukbo laban sa kanila upang makidigma, at kung kanyang magagawa ay kanya silang lilipulin; at sa gayon inililigaw ng isang masamang hari ang mga landas ng lahat ng katwiran.
- 24 At ngayon masdan, sinasabi ko sa inyo, hindi kapaki-pakinabang na sumapit sa inyo ang gayong mga karumal-dumal na gawain.
- 25 Samakatwid, mamili kayo sa pamamagitan ng tinig ng mga taong ito, ng mga hukom, upang kayo ay mahatulan alinsunod sa mga batas na ibinigay sa inyo ng ating mga ama, na tama, at ibinigay sa kanila ng kamay ng Panginoon.
- 26 Ngayon hindi pangkaraniwan na ang tinig ng mga tao ay magnais ng anumang bagay na salungat sa yaong tama; subalit pangkaraniwan ito sa kakaunting bahagi ng mga tao na magnais ng yaong hindi tama; kaya nga, ito ay inyong sundin at gawin itong inyong batas—ang gawin ang inyong mga gawain sa pamamagitan ng tinig ng mga tao.
- 27 At kung dumating ang panahon na ang tinig ng mga tao ay piliin ang kasamaan, sa panahong yaon ay sasapit sa inyo ang mga paghahatol ng Diyos; oo, sa panahong yaon kayo ay dadalawin niya sa pamamagitan ng malaking pagkawasak maging tulad ng hanggang ngayong pagdalaw niya sa lupaing ito.
- 28 At ngayon, kung mayroon kayong mga hukom, at hindi nila kayo hinahatulan nang alinsunod sa batas na ibinigay, maaari ninyong papangyarihin sila ay mahatulan ng isang nakatataas na hukom.
- 29 Kung ang inyong mga nakatataas na hukom ay hindi naghahatol ng mga makatarungang paghahatol, papangyarihin ninyo na ang maliit na bilang ng inyong nakabababang hukom ay samasamang magtipon at kanilang hahatulan ang inyong mga nakatataas na hukom, alinsunod sa tinig ng mga tao.

And he enacteth laws, and sendeth them forth among his people, yea, laws after the manner of his own wickedness; and whosoever doth not obey his laws he causeth to be destroyed; and whosoever doth rebel against him he will send his armies against them to war, and if he can he will destroy them; and thus an unrighteous king doth pervert the ways of all righteousness.

And now behold I say unto you, it is not expedient that such abominations should come upon you.

Therefore, choose you by the voice of this people, judges, that ye may be judged according to the laws which have been given you by our fathers, which are correct, and which were given them by the hand of the Lord.

Now it is not common that the voice of the people desireth anything contrary to that which is right; but it is common for the lesser part of the people to desire that which is not right; therefore this shall ye observe and make it your law—to do your business by the voice of the people.

And if the time comes that the voice of the people doth choose iniquity, then is the time that the judgments of God will come upon you; yea, then is the time he will visit you with great destruction even as he has hitherto visited this land.

And now if ye have judges, and they do not judge you according to the law which has been given, ye can cause that they may be judged of a higher judge.

If your higher judges do not judge righteous judgments, ye shall cause that a small number of your lower judges should be gathered together, and they shall judge your higher judges, according to the voice of the people.

30 At inuutos ko sa inyong gawin ang mga bagay na ito nang may takot sa Panginoon; at inuutos ko sa inyong gawin ang mga bagay na ito, at huwag kayong magkaroon ng hari; na kung ang mga taong ito ay makagawa ng mga kasalanan at kasamaan, ang mga ito ay pananagutan ng kanilang sariling mga ulo.

31 Sapagkat masdan sinasabi ko sa inyo, ang mga kasalanan ng maraming tao ay sanhi ng mga kasamaan ng kanilang mga hari; samakatwid, ang kanilang mga kasalanan ay pananagutan ng ulo ng kanilang mga hari.

32 At ngayon ninanais ko na itong hindi pagkakapantay-pantay ay mawala sa lupaing ito, lalung-lalo na sa itong aking mga tao; bagkus ninanais ko na ang lupaing ito ay maging isang lupain ng kalayaan, at ang bawat tao ay magtamasa ng kanyang mga karapatan at pribilehiyo nang magkakatulad habang minamarapat ng Panginoon na tayo ay mabuhay at manahin ang lupain, oo, maging habang ang sinuman sa ating angkan ay nananatili sa ibabaw ng lupain.

33 At marami pang bagay ang isinulat sa kanila ni haring Mosias, inilalahad sa kanila ang lahat ng pagsubok at suliranin ng isang mabuting hari, oo, lahat ng paghihirap ng kaluluwa para sa kanilang mga tao, at gayon din ang lahat ng pagbulung-bulong ng mga tao sa kanilang hari; at ipinaliwanag niya ang lahat ng ito sa kanila.

34 At kanyang sinabi sa kanila na hindi nararapat mangyari ang mga bagay na ito; kundi ang pasanin ay mapasalahat ng tao, upang dalhin ng bawat tao ang kanyang gawa.

35 At kanya ring inilahad sa kanila ang lahat ng kasahulang dinanas nila, sa pagkakaroon ng isang masamang hari na mamahala sa kanila;

36 Oo, lahat ng kanyang kasamaan at mga karumaldumal na gawain, at lahat ng digmaan, at mga alitan, at pagdanak ng dugo, at ang pagnanakaw, at ang pandarambong, at ang paggawa ng mga pagpapatutot, at lahat ng uri ng kasamaan na hindi maaaring isa-isahin—sinasabi sa kanila na ang mga bagay na ito ay hindi nararapat mangyari, na ang mga ito ay tahasang sumasalungat sa mga kautusan ng Diyos.

And I command you to do these things in the fear of the Lord; and I command you to do these things, and that ye have no king; that if these people commit sins and iniquities they shall be answered upon their own heads.

For behold I say unto you, the sins of many people have been caused by the iniquities of their kings; therefore their iniquities are answered upon the heads of their kings.

And now I desire that this inequality should be no more in this land, especially among this my people; but I desire that this land be a land of liberty, and every man may enjoy his rights and privileges alike, so long as the Lord sees fit that we may live and inherit the land, yea, even as long as any of our posterity remains upon the face of the land.

And many more things did king Mosiah write unto them, unfolding unto them all the trials and troubles of a righteous king, yea, all the travails of soul for their people, and also all the murmurings of the people to their king; and he explained it all unto them.

And he told them that these things ought not to be; but that the burden should come upon all the people, that every man might bear his part.

And he also unfolded unto them all the disadvantages they labored under, by having an unrighteous king to rule over them;

Yea, all his iniquities and abominations, and all the wars, and contentions, and bloodshed, and the stealing, and the plundering, and the committing of whoredoms, and all manner of iniquities which cannot be enumerated—telling them that these things ought not to be, that they were expressly repugnant to the commandments of God.

37 At ngayon ito ay nangyari na, matapos ipadala ni haring Mosias ang mga bagay na ito sa mga tao sila ay napaniwala sa katotohanan ng kanyang mga salita.

38 Anupa't tinalikdan nila ang kanilang pagnanais ng isang hari, at labis na nanabik na ang bawat tao ay magkaroon ng pantay na pagkakataon sa lahat ng dako ng buong lupain; oo, at ang bawat tao ay nagpahayag ng pagkukusang-loob na managot sa kanyang sariling mga kasalanan.

39 Samakatwid, ito ay nangyari na, na tinipon nila ang kanilang sarili na magkakasama sa mga pangkat sa lahat ng dako ng lupain, upang ipahayag ang kanilang tinig hinggil sa kung sino ang dapat nilang maging mga hukom, na hahatol sa kanila alinsunod sa batas na ibinigay sa kanila; at labis silang nagalak dahil sa kalayaang ipinagkaloob sa kanila.

40 At tumibay ang kanilang pagmamahal kay Mosias; oo, at siya ay itinangi nila ng higit pa sa sinumang tao; sapagkat hindi nila siya itinuturing na isang malupit na pinuno na naghahangad na makinabang, oo, para sa yaong kapakinabangan na nagpapasama sa kaluluwa; sapagkat hindi siya nangamkam ng kayamanan sa kanila, ni ang nalugod siya sa pagdanak ng dugo; kundi kanyang itinatag ang kapayapaan sa lupain, at ipinagkaloob niya sa kanyang mga tao na palayain sila mula sa lahat ng uri ng pagkaalipin; anupa't kanilang itinangi siya, oo, nang labis, nang hindi masusukat.

41 At ito ay nangyari na, na naghirang sila ng mga hukom na mamamahala sa kanila, o hahatol sa kanila nang alinsunod sa batas; at ginawa nila ito sa lahat ng dako ng buong lupain.

42 At ito ay nangyari na, na nahirang si Alma na maging unang punong hukom, na siya ring mataas na saserdote, na iginawad na katungkulan sa kanya ng kanyang ama, at ibinigay sa kanya ang pamamahala hinggil sa lahat ng gawain ng simbahan.

43 At ngayon ito ay nangyari na, na lumakad si Alma sa mga landas ng Panginoon, at sinunod niya ang kanyang mga kautusan, at humahatol siya ng makatarungang paghahatol; at nagkaroon ng patuloy na kapayapaan sa lupain.

And now it came to pass, after king Mosiah had sent these things forth among the people they were convinced of the truth of his words.

Therefore they relinquished their desires for a king, and became exceedingly anxious that every man should have an equal chance throughout all the land; yea, and every man expressed a willingness to answer for his own sins.

Therefore, it came to pass that they assembled themselves together in bodies throughout the land, to cast in their voices concerning who should be their judges, to judge them according to the law which had been given them; and they were exceedingly rejoiced because of the liberty which had been granted unto them.

And they did wax strong in love towards Mosiah; yea, they did esteem him more than any other man; for they did not look upon him as a tyrant who was seeking for gain, yea, for that lucre which doth corrupt the soul; for he had not exacted riches of them, neither had he delighted in the shedding of blood; but he had established peace in the land, and he had granted unto his people that they should be delivered from all manner of bondage; therefore they did esteem him, yea, exceedingly, beyond measure.

And it came to pass that they did appoint judges to rule over them, or to judge them according to the law; and this they did throughout all the land.

And it came to pass that Alma was appointed to be the first chief judge, he being also the high priest, his father having conferred the office upon him, and having given him the charge concerning all the affairs of the church.

And now it came to pass that Alma did walk in the ways of the Lord, and he did keep his commandments, and he did judge righteous judgments; and there was continual peace through the land.

44 At sa gayon nagsimula ang panunungkulan ng mga hukom sa lahat ng dako ng buong lupain ng Zarahemla, sa lahat ng tao na tinatawag na mga Nephita; at si Alma ang naging una at punong hukom.

45 At ngayon ito ay nangyari na, na ang kanyang ama ay namatay, na nasa walumpu at dalawang taong gulang, na nabuhay na isinasakatuparan ang mga kautusan ng Diyos.

46 At ito ay nangyari na, na si Mosias ay namatay rin, sa ikatatlumpu at tatlong taon ng kanyang paghahari, na nasa animnapu at tatlong taong gulang; na sa kabuuan, limang daan at siyam na taon mula sa panahong nilisan ni Lehi ang Jerusalem.

47 At sa gayon nagtapos ang paghahari ng mga hari sa mga tao ni Nephi; at sa gayon nagtapos ang mga araw ni Alma, na siyang nagtatag ng kanilang simbahan.

And thus commenced the reign of the judges throughout all the land of Zarahemla, among all the people who were called the Nephites; and Alma was the first and chief judge.

And now it came to pass that his father died, being eighty and two years old, having lived to fulfil the commandments of God.

And it came to pass that Mosiah died also, in the thirty and third year of his reign, being sixty and three years old; making in the whole, five hundred and nine years from the time Lehi left Jerusalem.

And thus ended the reign of the kings over the people of Nephi; and thus ended the days of Alma, who was the founder of their church.

# Ang Aklat ni Alma

## Ang Anak na Lalaki ni Alma

*Ang ulat ni Alma, na anak na lalaki ni Alma, ang una at punong bukom ng mga tao ni Nephi, at mataas na saserdote rin sa Simbahan. Isang ulat ng panunungkulan ng mga bukom, at ng mga digmaan at alitan ng mga tao. At ulat din ng isang digmaan na namagitan sa mga Nephita at sa mga Lamanita, ayon sa talaan ni Alma, ang una at punong bukom.*

### Alma 1

- 1 Ngayon ito ay nangyari na, na sa unang taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi, mula sa panahong ito, si haring Mosias na yumaon na ng lakad ng buong lupa, na nakipaglaban ng isang mabuting laban, naglakad nang matwid sa harapan ng Diyos, ay walang sino mang iniwanan na mamahalang kahalili niya; gayon pa man, siya ay nagtakda ng mga batas, at kinilala ito ng mga tao; anupa't, sila ay kinailangang sumunod sa mga batas na kanyang ginawa.
- 2 At ito ay nangyari na, na sa unang taon ng panunungkulan ni Alma sa hukumang-luklukan, na may isang lalaking dinala sa kanyang harapan upang hatulan, isang malaking lalaki, at nakilala dahil sa kanyang labis na lakas.
- 3 At siya ay lumibot sa mga tao, nangangaral sa kanila ng tinatawag niyang salita ng Diyos, nagpapatotoo laban sa simbahan; ipinahahayag sa mga tao na ang lahat ng saserdote at guro ay nararapat na maging tanyag; at nararapat na hindi gumawa sa pamamagitan ng kanilang mga kamay, kundi nararapat silang tustusan ng mga tao.
- 4 At siya ay nagpatotoo rin sa mga tao na ang buong sangkatauhan ay maliligtas sa huling araw, at na hindi nila kinakailangang matakot ni manginig, kundi ang itaas nila ang kanilang mga ulo at magalak; sapagkat nilikha ng Panginoon ang lahat ng tao, at kanya ring tinubos ang lahat ng tao; at, sa katapusan, ang lahat ng tao ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan.

# The Book of Alma

## the Son of Alma

*The account of Alma, who was the son of Alma, the first and chief judge over the people of Nephi, and also the high priest over the Church. An account of the reign of the judges, and the wars and contentions among the people. And also an account of a war between the Nephites and the Lamanites, according to the record of Alma, the first and chief judge.*

### Alma 1

Now it came to pass that in the first year of the reign of the judges over the people of Nephi, from this time forward, king Mosiah having gone the way of all the earth, having warred a good warfare, walking uprightly before God, leaving none to reign in his stead; nevertheless he had established laws, and they were acknowledged by the people; therefore they were obliged to abide by the laws which he had made.

And it came to pass that in the first year of the reign of Alma in the judgment-seat, there was a man brought before him to be judged, a man who was large, and was noted for his much strength.

And he had gone about among the people, preaching to them that which he termed to be the word of God, bearing down against the church; declaring unto the people that every priest and teacher ought to become popular; and they ought not to labor with their hands, but that they ought to be supported by the people.

And he also testified unto the people that all mankind should be saved at the last day, and that they need not fear nor tremble, but that they might lift up their heads and rejoice; for the Lord had created all men, and had also redeemed all men; and, in the end, all men should have eternal life.

- 5 At ito ay nangyari na, na itinuro niya ang mga bagay na ito nang husto kung kaya't marami ang naniwala sa kanyang mga salita, maging sa napakarami kung kaya't nagsimula silang tustusan siya at bigyan siya ng salapi.
- 6 At nagsimula siyang maiangat sa kapalaluan ng kanyang puso, at magbihis ng napakamamahal na kasuotan, oo, at nagsimula ring magtatag ng isang simbahan alinsunod sa paraan ng kanyang pangangaral.
- 7 At ito ay nangyari na, nang siya ay paalis na, upang mangaral sa mga yaong naniniwala sa kanyang salita, na nasalubong niya ang isang lalaking nabibilang sa simbahan ng Diyos, oo, maging isa sa kanilang mga guro; at siya ay nagsimulang makipagtalo sa kanya nang matalim, upang kanyang maakay palayo ang mga tao ng simbahan; subalit siya ay napangatwiranan ng lalaki, pinaaalalahanan siya sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos.
- 8 Ngayon, ang pangalan ng lalaki ay Gedeon, at siya yaong naging kasangkapan sa mga kamay ng Diyos sa pagpapalaya sa mga tao ni Limhi mula sa pagkaalipin.
- 9 Ngayon, sapagkat siya ay napangatwiranan ni Gedeon sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos siya ay napoot kay Gedeon, at hinugot ang kanyang espada at nagsimulang saksakin siya. Ngayon, si Gedeon na pinatanda na ng maraming taon, kaya nga hindi niya nagawang mapaglabanan ang kanyang mga saksak, anupa't napatay siya sa pamamagitan ng espada.
- 10 At ang lalaking pumatay sa kanya ay dinakip ng mga tao ng simbahan, at dinala sa harapan ni Alma, upang mahatulan alinsunod sa mabibigat na kasalanang kanyang nagawa.
- 11 At ito ay nangyari na, na siya ay tumindig sa harapan ni Alma at ipinagtanggol ang kanyang sarili nang buong kapangahas.

And it came to pass that he did teach these things so much that many did believe on his words, even so many that they began to support him and give him money.

And he began to be lifted up in the pride of his heart, and to wear very costly apparel, yea, and even began to establish a church after the manner of his preaching.

And it came to pass as he was going, to preach to those who believed on his word, he met a man who belonged to the church of God, yea, even one of their teachers; and he began to contend with him sharply, that he might lead away the people of the church; but the man withstood him, admonishing him with the words of God.

Now the name of the man was Gideon; and it was he who was an instrument in the hands of God in delivering the people of Limhi out of bondage.

Now, because Gideon withstood him with the words of God he was wroth with Gideon, and drew his sword and began to smite him. Now Gideon being stricken with many years, therefore he was not able to withstand his blows, therefore he was slain by the sword.

And the man who slew him was taken by the people of the church, and was brought before Alma, to be judged according to the crimes which he had committed.

And it came to pass that he stood before Alma and pled for himself with much boldness.



- 12 Subalit sinabi ni Alma sa kanya: Masdan, ito ang unang pagkakataon na ang huwad na pagkasaserdote ay pinasimulan sa mga taong ito. At masdan, hindi ka lamang nagkasala ng huwad na pagkasaserdote, kundi nagpilit pang ipatupad ito sa pamamagitan ng espada; at kung ang huwad na pagkasaserdote ay ipatutupad sa mga taong ito ay mangangahulugan ito ng kanilang lubusang pagkalipol.
- 13 At pinadanak mo ang dugo ng isang mabuting tao, oo, isang taong nakagawa ng labis na kabutihan sa mga taong ito; at kung amin kang patatawarin, ang kanyang dugo ay uusig sa amin upang maghiganti.
- 14 Anupa't hinahatulan kang mamatay, alinsunod sa batas na ibinigay sa atin ni Mosias, na ating huling hari; at ito ay kinilala ng mga taong ito; kaya nga, ang mga taong ito ay kinakailangang sumunod sa batas.
- 15 At ito ay nangyari na, na kanilang dinakip siya; at ang kanyang pangalan ay Nehor; at kanilang dinala siya sa tuktok ng burol ng Manti, at doon siya binigyang-katwiran, o sa lalong maliwanag ay pinaamin, sa pagitan ng kalangitan at ng lupa, na ano man ang kanyang itinuro sa mga tao ay salungat sa salita ng Diyos; at doon siya nagdanas ng isang kadusta-dustang kamatayan.
- 16 Gayon pa man, hindi nito nawakasan ang paglaganap ng huwad na pagkasaserdote sa lupain; sapagkat marami ang nagmamahal sa mga bagay na walang kabuluhan ng daigdig, at humayo silang nangangaral ng mga maling doktrina; at ito ay ginawa nila dahil sa mga kayamanan at karangalan.
- 17 Gayon pa man, hindi sila nangahas na magsinungaling, kung ito ay malalaman, dahil sa takot sa batas, sapagkat ang mga sinungaling ay pinarurusahan; anupa't sila ay nagkunwaring ipinangangaral ang naaayon sa kanilang paniniwala; at ngayon, ang batas ay walang kapangyarihan sa sino mang tao dahil sa kanyang paniniwala.
- 18 At hindi sila nangahas na magnakaw, dahil sa takot sa batas, sapagkat ang gayon ay pinarurusahan; ni ang mangahas silang manloob, ni pumaslang, sapagkat siya na pumapaslang ay pinarurusahan hanggang kamatayan.

But Alma said unto him: Behold, this is the first time that priestcraft has been introduced among this people. And behold, thou art not only guilty of priestcraft, but hast endeavored to enforce it by the sword; and were priestcraft to be enforced among this people it would prove their entire destruction.

And thou hast shed the blood of a righteous man, yea, a man who has done much good among this people; and were we to spare thee his blood would come upon us for vengeance.

Therefore thou art condemned to die, according to the law which has been given us by Mosiah, our last king; and it has been acknowledged by this people; therefore this people must abide by the law.

And it came to pass that they took him; and his name was Nehor; and they carried him upon the top of the hill Manti, and there he was caused, or rather did acknowledge, between the heavens and the earth, that what he had taught to the people was contrary to the word of God; and there he suffered an ignominious death.

Nevertheless, this did not put an end to the spreading of priestcraft through the land; for there were many who loved the vain things of the world, and they went forth preaching false doctrines; and this they did for the sake of riches and honor.

Nevertheless, they durst not lie, if it were known, for fear of the law, for liars were punished; therefore they pretended to preach according to their belief; and now the law could have no power on any man for his belief.

And they durst not steal, for fear of the law, for such were punished; neither durst they rob, nor murder, for he that murdered was punished unto death.

- 19 Subalit ito ay nangyari na, na sino mang hindi nabibilang sa simbahan ng Diyos ay nagsimulang usigin ang mga yaong nabibilang sa simbahan ng Diyos, at tinaglay sa kanilang sarili ang pangalan ni Cristo.
- 20 Oo, kanilang inusig sila, at sinaktan sila sa pamamagitan ng lahat ng uri ng pananalita, at ito ay dahil sa kanilang kapakumbabaan; sapagkat hindi sila palalo sa kanilang sariling paningin, at dahil sa ipinahayag nila ang salita ng Diyos sa isa't isa, nang walang salapi at walang bayad.
- 21 Ngayon may isang mahigpit na batas sa mga tao ng simbahan, na walang sino mang tao, na nabibilang sa simbahan, ang magpapasimuno at uusig sa mga yaong hindi nabibilang sa simbahan, at nararapat na walang pag-uusig sa kanila.
- 22 Gayon pa man, marami sa kanila ang nagsimulang maging palalo, at nagsimulang mainit na makipagtalo sa kanilang mga katunggali, maging hanggang sa paghahatawan; oo, sinusuntok nila ang isa't isa sa pamamagitan ng kanilang mga kamao.
- 23 Ngayon, ito ay sa ikalawang taon ng panunungkulan ni Alma, at ito ang naging dahilan ng labis na paghihirap ng simbahan; oo, ito ang naging dahilan ng labis na pagsubok ng simbahan.
- 24 Sapagkat ang mga puso ng karamihan ay tumigas, at ang kanilang mga pangalan ay binura, kung kaya't hindi na muli silang inaalaala pa sa mga tao ng Diyos. At marami rin ang inilayo ang kanilang sarili mula sa kanila.
- 25 Ngayon, ito ay naging isang malaking pagsubok sa mga yaong nanatiling matatag sa pananampalataya; gayon pa man, sila ay naging matatag at di natitinag sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos, at kanilang binata nang may pagtitiis ang pag-uusig na ibinunton sa kanila.

But it came to pass that whosoever did not belong to the church of God began to persecute those that did belong to the church of God, and had taken upon them the name of Christ.

Yea, they did persecute them, and afflict them with all manner of words, and this because of their humility; because they were not proud in their own eyes, and because they did impart the word of God, one with another, without money and without price.

Now there was a strict law among the people of the church, that there should not any man, belonging to the church, arise and persecute those that did not belong to the church, and that there should be no persecution among themselves.

Nevertheless, there were many among them who began to be proud, and began to contend warmly with their adversaries, even unto blows; yea, they would smite one another with their fists.

Now this was in the second year of the reign of Alma, and it was a cause of much affliction to the church; yea, it was the cause of much trial with the church.

For the hearts of many were hardened, and their names were blotted out, that they were remembered no more among the people of God. And also many withdrew themselves from among them.

Now this was a great trial to those that did stand fast in the faith; nevertheless, they were steadfast and immovable in keeping the commandments of God, and they bore with patience the persecution which was heaped upon them.

26 At kapag inihiwanan ng mga saserdote ang kanilang gawain upang ipahayag ang salita ng Diyos sa mga tao, ang mga tao rin ay inihiwanan ang kanilang mga gawain upang pakinggan ang salita ng Diyos. At kapag ang mga saserdote ay naipahayag na sa kanila ang salita ng Diyos, silang lahat ay muling nagbabalik nang buong sigasig sa kanilang mga gawain; at ang saserdote, ay hindi pinahahalagahan ang kanyang sarili nang higit sa kanyang mga tagapakinig sapagkat ang mangangaral ay hindi nakahihigit kaysa sa tagapakinig, ni ang guro ay nakahihigit kaysa sa mag-aaral; at sa gayon silang lahat ay pantay-pantay, at silang lahat ay gumagawa, bawat tao ayon sa kanyang lakas.

27 At ibinahagi nila ang kanilang kabuhayan, bawat tao alinsunod sa kanyang taglay, sa mga maralita, at nangangailangan, at sa may karamdaman, at sa naghahirap; at hindi sila nagbibihis ng mamahaling kasuotan, gayon man, sila ay maaayos at kaakit-akit.

28 At sa gayon itinatag ang mga gawain ng simbahan; at sa gayon sila nagsimulang magkaroong muli ng patuloy na kapayapaan, sa kabila ng lahat ng pag-uusig sa kanila.

29 At ngayon, dahil sa katatagan ng simbahan sila ay nagsimulang labis na magsiyaman, nananagana sa lahat ng bagay ano man ang kanilang kinakailangan—nagkaroon ng kasaganaan sa mga kawan ng tupa at baka, at patabain ng lahat ng uri, at kasaganaan din sa butil, at sa ginto, at sa pilak, at sa mahahalagang bagay, at kasaganaan sa sutla at maiinam na hinabing lino, at lahat ng uri ng matitibay na kayo.

30 At sa gayon, sa kanilang maunlad na kalagayan, hindi nila itinaboy ang sino mang mga hubad, o mga gutom, o mga uhaw, o mga may karamdaman, o mga hindi nakandili; at hindi nila inilagak ang kanilang mga puso sa mga kayamanan; anupa't sila ay naging mapagbigay sa lahat, kapwa matanda at bata, kapwa alipin at malaya, kapwa lalaki at babae, maging sa labas ng simbahan o sa loob ng simbahan, walang itinatangi sa mga tao hinggil sa mga yaong nangangailangan.

31 At sa gayon sila umunlad at naging higit na mayayaman kaysa sa mga yaong hindi nabibilang sa kanilang simbahan.

And when the priests left their labor to impart the word of God unto the people, the people also left their labors to hear the word of God. And when the priest had imparted unto them the word of God they all returned again diligently unto their labors; and the priest, not esteeming himself above his hearers, for the preacher was no better than the hearer, neither was the teacher any better than the learner; and thus they were all equal, and they did all labor, every man according to his strength.

And they did impart of their substance, every man according to that which he had, to the poor, and the needy, and the sick, and the afflicted; and they did not wear costly apparel, yet they were neat and comely.

And thus they did establish the affairs of the church; and thus they began to have continual peace again, notwithstanding all their persecutions.

And now, because of the steadiness of the church they began to be exceedingly rich, having abundance of all things whatsoever they stood in need—an abundance of flocks and herds, and fatlings of every kind, and also abundance of grain, and of gold, and of silver, and of precious things, and abundance of silk and fine-twined linen, and all manner of good homely cloth.

And thus, in their prosperous circumstances, they did not send away any who were naked, or that were hungry, or that were athirst, or that were sick, or that had not been nourished; and they did not set their hearts upon riches; therefore they were liberal to all, both old and young, both bond and free, both male and female, whether out of the church or in the church, having no respect to persons as to those who stood in need.

And thus they did prosper and become far more wealthy than those who did not belong to their church.

32 Sapagkat yaong mga hindi nabibilang sa kanilang simbahan ay pinalayaw ang kanilang sarili sa mga pangungulam, at sa pagsamba sa mga diyus-diyusan, o katamaran, at sa paninirang-puri, at sa inggitan at sa sigalutan; nagbibihis ng mamahaling kasuotan; iniaangat sa kapalaluan ng kanilang sariling paningin; nang-uusig, nagsisinungaling, nagnanakaw, nanloloob, gumagawa ng mga pagpapatutot, at pumapaslang, at lahat ng uri ng kasamaan; gayon pa man, ang batas ay ipinatutupad sa lahat ng yaong lumalabag dito, hangga't maaari.

33 At ito ay nangyari na, na sa pamamagitan ng gayong pagpapatupad ng batas sa kanila, bawat tao ay nagdurusa alinsunod sa nagawa niya, sila ay naging higit na matatag, at hindi nangahas na gumawa ng ano mang kasamaan kung ito ay malalaman; kaya nga nagkaroon ng labis na kapayapaan sa mga tao ni Nephi hanggang sa ikalimang taon ng panunungkulan ng mga hukom.

For those who did not belong to their church did indulge themselves in sorceries, and in idolatry or idleness, and in babblings, and in envyings and strife; wearing costly apparel; being lifted up in the pride of their own eyes; persecuting, lying, thieving, robbing, committing whoredoms, and murdering, and all manner of wickedness; nevertheless, the law was put in force upon all those who did transgress it, inasmuch as it was possible.

And it came to pass that by thus exercising the law upon them, every man suffering according to that which he had done, they became more still, and durst not commit any wickedness if it were known; therefore, there was much peace among the people of Nephi until the fifth year of the reign of the judges.

## Alma 2

- 1 At ito ay nangyari na, na sa pagsisimula ng ikalimang taon ng kanilang panunungkulan ay nagsimulang magkaroon ng alitan sa mga tao; sapagkat isang lalaki, na tinatawag na Amlici, siya na napakatusong tao, oo, isang matalinong tao sa karunungan ng sanlibutan, siya na alinsunod sa orden ng lalaking pumatay kay Gedeon sa pamamagitan ng espada, na hinatulan ng kamatayan alinsunod sa batas—
- 2 Ngayon, ang Amlici na ito, sa pamamagitan ng kanyang katusuhan, ay nakapanghikayat ng maraming tao sa kanya; maging sa napakarami kung kaya't sila ay nagsimulang maging napakalakas; at sila ay nagsimulang magsumikap na iluklok si Amlici na maging hari sa mga tao.
- 3 Ngayon, ito ay nakabahala sa mga tao ng simbahan, at gayon din sa lahat ng yaong hindi nahikayat palayo ng mga panghihikayat ni Amlici; sapagkat nalalaman nila na alinsunod sa kanilang batas, ang mga gayong bagay ay kinakailangang pagtibayin ng tinig ng mga tao.
- 4 Anupa't kung magagawang matamo ni Amlici ang tinig ng mga tao, siya, na isang masamang tao, ay pagkakaitan sila ng kanilang mga karapatan at pribilehiyo sa simbahan; sapagkat kanyang layuning wasakin ang simbahan ng Diyos.
- 5 At ito ay nangyari na, na sama-samang tinipon ng mga tao ang kanilang sarili sa lahat ng dako ng buong lupain, bawat tao alinsunod sa kanyang nasasaisip, kung ito ay para kay o laban kay Amlici, sa magkakahiwalay na pangkat, na may masidhing pagtatalu-talo at kamangha-manghang pakikipag-alitan sa isa't isa.
- 6 At sa gayon sama-samang tinipon nila ang kanilang sarili upang ipahayag ang kanilang tinig hinggil sa paksang yaon; at ipinabatid ang mga ito sa harapan ng mga hukom.
- 7 At ito ay nangyari na, na ang tinig ng mga tao ay nagpahayag laban kay Amlici, kung kaya't hindi siya ginawang hari sa mga tao.
- 8 Ngayon, ito ay nagdulot ng labis na kagalakan sa mga puso ng yaong laban sa kanya; subalit pinukaw ni Amlici yaong mga tumangkilik sa kanya na magalit laban sa mga yaong hindi tumangkilik sa kanya.

## Alma 2

And it came to pass in the commencement of the fifth year of their reign there began to be a contention among the people; for a certain man, being called Amlici, he being a very cunning man, yea, a wise man as to the wisdom of the world, he being after the order of the man that slew Gideon by the sword, who was executed according to the law—

Now this Amlici had, by his cunning, drawn away much people after him; even so much that they began to be very powerful; and they began to endeavor to establish Amlici to be a king over the people.

Now this was alarming to the people of the church, and also to all those who had not been drawn away after the persuasions of Amlici; for they knew that according to their law that such things must be established by the voice of the people.

Therefore, if it were possible that Amlici should gain the voice of the people, he, being a wicked man, would deprive them of their rights and privileges of the church; for it was his intent to destroy the church of God.

And it came to pass that the people assembled themselves together throughout all the land, every man according to his mind, whether it were for or against Amlici, in separate bodies, having much dispute and wonderful contentions one with another.

And thus they did assemble themselves together to cast in their voices concerning the matter; and they were laid before the judges.

And it came to pass that the voice of the people came against Amlici, that he was not made king over the people.

Now this did cause much joy in the hearts of those who were against him; but Amlici did stir up those who were in his favor to anger against those who were not in his favor.

9 At ito ay nangyari na, na magkakasamang tinipon nila ang kanilang sarili, at itinalaga si Amlici na kanilang maging hari.

10 Ngayon, nang si Amlici ay maging hari nila ay inutusan niya silang humawak ng mga sandata laban sa kanilang mga kapatid; at ito ay ginawa niya upang mapasailalim sila sa kanya.

11 Ngayon, ang mga tao ni Amlici ay kinilala sa pangalan ni Amlici, na tinatawag na mga Amlicita; at ang nalalabi ay tinawag na mga Nephita, o ang mga tao ng Diyos.

12 Samakatwid, nalalaman ng mga tao ng mga Nephita ang layunin ng mga Amlicita, at kaya nga, sila ay naghandang harapin sila; oo, sinandatahan nila ang kanilang sarili ng mga espada, at ng mga simitar, at ng mga busog, at ng mga palaso, at ng mga bato, at ng mga tirador, at ng lahat ng uri ng sandata ng digmaan, bawat uri nito.

13 At sa gayon sila nakahandang harapin ang mga Amlicita sa panahon ng kanilang pagdating. At may hinirang na mga kapitan, at nakatataas na kapitan, at punong kapitan alinsunod sa kanilang bilang.

14 At ito ay nangyari na, na sinandatahan ni Amlici ang kanyang mga tauhan ng lahat ng uri ng sandata ng digmaan ng bawat uri nito; at siya ay naghirang din ng mga tagapamahala at pinuno sa kanyang mga tao, upang pamunuan sila sa pakikidigma laban sa kanilang mga kapatid.

15 At ito ay nangyari na, na narating ng mga Amlicita ang burol ng Amnahu, na nasa silangan ng ilog Sidon, na dumadaloy nang malapit sa lupain ng Zarahemla, at doon sila nagsimulang makidigma sa mga Nephita.

16 Ngayon si Alma, na siyang punong hukom at gobernador ng mga tao ni Nephi, kaya nga, siya ay umahong kasama ng kanyang mga tao, oo, kasama ng kanyang mga kapitan, at punong kapitan, oo, sa unahan ng kanyang mga hukbo, laban sa mga Amlicita upang makidigma.

17 At sinimulang patayin nila ang mga Amlicita sa burol sa silangan ng Sidon. At ang mga Amlicita ay nakipaglaban sa mga Nephita nang buong lakas kung kaya nga't marami sa mga Nephita ang nagsibagsak sa harapan ng mga Amlicita.

And it came to pass that they gathered themselves together, and did consecrate Amlici to be their king.

Now when Amlici was made king over them he commanded them that they should take up arms against their brethren; and this he did that he might subject them to him.

Now the people of Amlici were distinguished by the name of Amlici, being called Amlicites; and the remainder were called Nephites, or the people of God.

Therefore the people of the Nephites were aware of the intent of the Amlicites, and therefore they did prepare to meet them; yea, they did arm themselves with swords, and with cimeters, and with bows, and with arrows, and with stones, and with slings, and with all manner of weapons of war, of every kind.

And thus they were prepared to meet the Amlicites at the time of their coming. And there were appointed captains, and higher captains, and chief captains, according to their numbers.

And it came to pass that Amlici did arm his men with all manner of weapons of war of every kind; and he also appointed rulers and leaders over his people, to lead them to war against their brethren.

And it came to pass that the Amlicites came upon the hill Amnihu, which was east of the river Sidon, which ran by the land of Zarahemla, and there they began to make war with the Nephites.

Now Alma, being the chief judge and the governor of the people of Nephi, therefore he went up with his people, yea, with his captains, and chief captains, yea, at the head of his armies, against the Amlicites to battle.

And they began to slay the Amlicites upon the hill east of Sidon. And the Amlicites did contend with the Nephites with great strength, insomuch that many of the Nephites did fall before the Amlicites.

18 Gayon pa man, pinalakas ng Panginoon ang kamay ng mga Nephita, kung kaya't napatay nila ang mga Amlicita ng masidhing pagkatay, kung kaya't nagsimula silang magsitakas sa kanilang harapan.

19 At ito ay nangyari na, na tinugis ng mga Nephita ang mga Amlicita nang buong araw na yaon, at pinatay sila nang may labis na pagkatay, kung kaya nga't may napatay sa mga Amlicita na labindalawang libo limangdaan tatlumpu at dalawang katao; at may napatay sa mga Nephita na anim na libo limangdaan animnapu at dalawang katao.

20 At ito ay nangyari na, nang hindi na matugis pa ni Alma ang mga Amlicita ay pinagsipagtayo niya ang kanyang mga tao ng kanilang mga tolda sa lambak ng Gedeon, ang lambak na tinawag alinsunod sa yaong Gedeon na pinatay ng mga kamay ni Nehor sa pamamagitan ng espada; at sa lambak na ito nagtayo ang mga Nephita ng kanilang mga tolda para sa gabing yaon.

21 At si Alma ay nagsugo ng mga tiktik upang sundan ang labi ng mga Amlicita, upang malaman niya ang kanilang mga balak at kanilang mga pakana, nang mabantayan niya ang kanyang sarili laban sa kanila, upang mapangalagaan niya ang kanyang mga tao mula sa pagkalipol.

22 Ngayon, yaong mga isinugo niya upang magmanman sa kuta ng mga Amlicita ay tinatawag na Zeram, at Amnor, at Manti, at Limher; sila yaong mga humayong kasama ang kanilang mga tauhan upang magmanman sa kuta ng mga Amlicita.

23 At ito ay nangyari na, na kinabukasan sila ay nagsibalik sa kuta ng mga Nephita na labis na nagmamadali, labis na nanggilalas, at nakadarama ng labis na pagkatakot, sinasabing:

24 Masdan, aming sinundan ang kuta ng mga Amlicita, at sa aming labis na panggilalas, sa lupain ng Minon, sa itaas ng lupain ng Zarahemla, sa daan patungo sa lupain ng Nephi, aming nakita ang napakaraming hukbo ng mga Lamanita; at masdan, ang mga Amlicita ay umanib sa kanila;

Nevertheless the Lord did strengthen the hand of the Nephites, that they slew the Amlicites with great slaughter, that they began to flee before them.

And it came to pass that the Nephites did pursue the Amlicites all that day, and did slay them with much slaughter, insomuch that there were slain of the Amlicites twelve thousand five hundred thirty and two souls; and there were slain of the Nephites six thousand five hundred sixty and two souls.

And it came to pass that when Alma could pursue the Amlicites no longer he caused that his people should pitch their tents in the valley of Gideon, the valley being called after that Gideon who was slain by the hand of Nehor with the sword; and in this valley the Nephites did pitch their tents for the night.

And Alma sent spies to follow the remnant of the Amlicites, that he might know of their plans and their plots, whereby he might guard himself against them, that he might preserve his people from being destroyed.

Now those whom he had sent out to watch the camp of the Amlicites were called Zeram, and Amnor, and Manti, and Limher; these were they who went out with their men to watch the camp of the Amlicites.

And it came to pass that on the morrow they returned into the camp of the Nephites in great haste, being greatly astonished, and struck with much fear, saying:

Behold, we followed the camp of the Amlicites, and to our great astonishment, in the land of Minon, above the land of Zarahemla, in the course of the land of Nephi, we saw a numerous host of the Lamanites; and behold, the Amlicites have joined them;

25 At kanilang sinasalakay ang ating mga kapatid sa lupaing yaon; at sila ay nagsisitakas sa kanilang harapan kasama ang kanilang mga kawan, at kanilang mga asawa, at kanilang mga anak, patungo sa ating lunsod; at maliban kung magmamadali tayo ay mapapasakanila ang ating lunsod, at ang ating mga ama, at ating mga asawa, at ating mga anak ay mapapatay.

26 At ito ay nangyari na, na dinala ng mga tao ni Nephi ang kanilang mga tolda, at nilisan ang lambak ng Gedeon patungo sa kanilang lunsod, na lunsod ng Zarahemla.

27 At masdan, habang tinatawid nila ang ilog Sidon, ang mga Lamanita at ang mga Amlicita, na halos kasindami, sa wari, ng mga buhangin sa dagat, ay sinalakay sila upang lipulin sila.

28 Gayon pa man, ang mga Nephita na pinalakas ng kamay ng Panginoon, na nanalangin nang mataimtim sa kanya upang kanyang iligtas sila mula sa mga kamay ng kanilang mga kaaway, anupa't dininig ng Panginoon ang kanilang mga pagsusumamo, at pinalakas sila, at ang mga Lamanita at ang mga Amlicita ay nagsibagsak sa kanilang harapan.

29 At ito ay nangyari na, na nakipaglaban si Alma kay Amlici sa pamamagitan ng espada, nang harapan; at sila ay buong lakas na nakipaglaban sa isa't isa.

30 At ito ay nangyari na, na si Alma, na isang tao ng Diyos, na pinairal ang labis na pananampalataya, ay nagsumamo, sinasabing: O, Panginoon, maawa at iligtas ang aking buhay, nang maging kasangkapan ako sa inyong mga kamay upang iligtas at pangalagaan ang mga taong ito.

31 Ngayon, nang sabihin ni Alma ang mga bagay na ito ay muli siyang nakipaglaban kay Amlici; at siya ay pinalakas, kung kaya nga't napatay niya si Amlici sa pamamagitan ng espada.

32 At siya ay nakipaglaban din sa hari ng mga Lamanita; subalit ang hari ng mga Lamanita ay tumakas mula sa harapan ni Alma at isinugo ang kanyang mga bantay upang makipaglaban kay Alma.

33 Subalit si Alma, kasama ang kanyang mga bantay, ay nakipaglaban sa mga bantay ng hari ng mga Lamanita hanggang sa kanyang mapatay at maitaboy silang pabalik.

And they are upon our brethren in that land; and they are fleeing before them with their flocks, and their wives, and their children, towards our city; and except we make haste they obtain possession of our city, and our fathers, and our wives, and our children be slain.

And it came to pass that the people of Nephi took their tents, and departed out of the valley of Gideon towards their city, which was the city of Zarahemla.

And behold, as they were crossing the river Sidon, the Lamanites and the Amlicites, being as numerous almost, as it were, as the sands of the sea, came upon them to destroy them.

Nevertheless, the Nephites being strengthened by the hand of the Lord, having prayed mightily to him that he would deliver them out of the hands of their enemies, therefore the Lord did hear their cries, and did strengthen them, and the Lamanites and the Amlicites did fall before them.

And it came to pass that Alma fought with Amlici with the sword, face to face; and they did contend mightily, one with another.

And it came to pass that Alma, being a man of God, being exercised with much faith, cried, saying: O Lord, have mercy and spare my life, that I may be an instrument in thy hands to save and preserve this people.

Now when Alma had said these words he contended again with Amlici; and he was strengthened, insomuch that he slew Amlici with the sword.

And he also contended with the king of the Lamanites; but the king of the Lamanites fled back from before Alma and sent his guards to contend with Alma.

But Alma, with his guards, contended with the guards of the king of the Lamanites until he slew and drove them back.



34 At sa gayon kanyang pinalis ang lupa, o sa lalong maliwanag ang baybay, na nasa kanluran ng ilog Sidon, inihahagis ang mga katawan ng mga Lamanita na napatay sa mga tubig ng Sidon, nang sa gayon ang kanyang mga tao ay magkaroon ng puwang upang makatawid at makipaglaban sa mga Lamanita at sa mga Amlicita sa gawing kanluran ng ilog Sidon.

35 At ito ay nangyari na, nang silang lahat ay nakatawid na sa ilog Sidon na ang mga Lamanita at Amlicita ay nagsimulang magsitakas mula sa kanilang harapan, sa kabila ng napakarami nila kaya nga hindi sila maaaring mabilang.

36 At sila ay nagsitakas sa harapan ng mga Nephita patungo sa ilang sa kanluran at hilaga, papalayo sa kabila ng mga hangganan ng lupain; at tinugis sila ng mga Nephita sa kanilang lakas, at pinagpapatay sila.

37 Oo, sila ay sinalubong sa lahat ng dako, at pinagpapatay at itinaboy, hanggang sa kumalat sila sa kanluran, at sa hilaga, hanggang sa marating nila ang ilang, na tinatawag na Hermon; at ito yaong dako ng ilang na pinamumugaran ng mababangis at mga hayok na hayop.

38 At ito ay nangyari na, na marami ang namatay sa ilang dahil sa kanilang mga sugat, at sinila ng mga hayop na yaon at gayon din ng mga buwitre ng himpapawid; at ang kanilang mga buto ay natagpuan, at nabunton sa lupa.

And thus he cleared the ground, or rather the bank, which was on the west of the river Sidon, throwing the bodies of the Lamanites who had been slain into the waters of Sidon, that thereby his people might have room to cross and contend with the Lamanites and the Amlicites on the west side of the river Sidon.

And it came to pass that when they had all crossed the river Sidon that the Lamanites and the Amlicites began to flee before them, notwithstanding they were so numerous that they could not be numbered.

And they fled before the Nephites towards the wilderness which was west and north, away beyond the borders of the land; and the Nephites did pursue them with their might, and did slay them.

Yea, they were met on every hand, and slain and driven, until they were scattered on the west, and on the north, until they had reached the wilderness, which was called Hermon; and it was that part of the wilderness which was infested by wild and ravenous beasts.

And it came to pass that many died in the wilderness of their wounds, and were devoured by those beasts and also the vultures of the air; and their bones have been found, and have been heaped up on the earth.

## Alma 3

- 1 At ito ay nangyari na, na ang mga Nephita na hindi napatay ng mga sandata ng digmaan, matapos mailibing yaong mga napatay—ngayon, ang bilang ng mga napatay ay hindi mabilang, dahil sa kalakihan ng kanilang bilang—matapos nilang mailibing ang kanilang mga patay, silang lahat ay muling nagsibalik sa kanilang mga lupain, at sa kanilang mga tahanan, at kanilang mga asawa, at kanilang mga anak.
- 2 Ngayon, maraming babae at bata ang napatay sa pamamagitan ng espada, at marami rin sa kanilang mga kawan ng tupa at kanilang mga baka; at marami rin sa kanilang mga taniman ng butil ang nawasak, sapagkat niyapak-yapakan ang mga ito ng maraming tao.
- 3 At ngayon kasindami ng mga Lamanita at Amlicita ang napatay sa baybay ng ilog Sidon ay itinapon sa mga tubig ng Sidon; at masdan, ang kanilang mga buto ay nasa kailaliman ng dagat, at ang mga ito ay marami.
- 4 At ang mga Amlicita ay nakilala mula sa mga Nephita, sapagkat minarkahan nila ang sarili ng kulay pula sa kanilang mga noo alinsunod sa mga Lamanita; gayon pa man hindi nila inahitan ang kanilang mga ulo na tulad ng mga Lamanita.
- 5 Ngayon, ang mga ulo ng mga Lamanita ay ahit; at sila’y mga nakahubad, maliban sa balat na nakabigkis sa kanilang mga balakang, at gayon din ang kanilang mga baluti, na nakabigkis sa kanila, at kanilang mga busog, at kanilang mga palaso, at kanilang mga bato, at kanilang mga tirador, at iba pa.
- 6 At ang balat ng mga Lamanita ay maiitim, alinsunod sa markang itinakda sa kanilang mga ama, na isang sumpa sa kanila dahil sa kanilang pagkakasala at kanilang paghihimsik laban sa kanilang mga kapatid, na binubuo nina Nephi, Jacob, at Jose, at Sam, na mga makatarungan at banal na tao.
- 7 At hinangad ng kanilang mga kapatid na lipulin sila, kung kaya nga’t sila ay isinumpa; at ang Panginoong Diyos ay naglagay ng marka sa kanila, oo, kina Laman at Lemuel, at gayon din sa mga anak na lalaki ni Ismael, at Ismaelitang kababaihan.

## Alma 3

And it came to pass that the Nephites who were not slain by the weapons of war, after having buried those who had been slain—now the number of the slain were not numbered, because of the greatness of their number—after they had finished burying their dead they all returned to their lands, and to their houses, and their wives, and their children.

Now many women and children had been slain with the sword, and also many of their flocks and their herds; and also many of their fields of grain were destroyed, for they were trodden down by the hosts of men.

And now as many of the Lamanites and the Amlicites who had been slain upon the bank of the river Sidon were cast into the waters of Sidon; and behold their bones are in the depths of the sea, and they are many.

And the Amlicites were distinguished from the Nephites, for they had marked themselves with red in their foreheads after the manner of the Lamanites; nevertheless they had not shorn their heads like unto the Lamanites.

Now the heads of the Lamanites were shorn; and they were naked, save it were skin which was girded about their loins, and also their armor, which was girded about them, and their bows, and their arrows, and their stones, and their slings, and so forth.

And the skins of the Lamanites were dark, according to the mark which was set upon their fathers, which was a curse upon them because of their transgression and their rebellion against their brethren, who consisted of Nephi, Jacob, and Joseph, and Sam, who were just and holy men.

And their brethren sought to destroy them, therefore they were cursed; and the Lord God set a mark upon them, yea, upon Laman and Lemuel, and also the sons of Ishmael, and Ishmaelitish women.

- 8 At ito ay ginawa upang makilala ang binhi nila mula sa binhi ng kanilang mga kapatid, nang sa gayon mapangalagaan ng Panginoong Diyos ang kanyang mga tao, upang hindi sila makihalubilo at maniwala sa mga maling kaugalian na mangangahulugan ng kanilang pagkalipol.
- 9 At ito ay nangyari na, na sino man ang ihalubilo ang kanyang mga binhi sa mga Lamanita ay nagdala ng gayon ding sumpa sa kanyang mga binhi.
- 10 Kaya nga, sino man ang magpahintulot sa kanyang sarili na maakay palayo ng mga Lamanita ay tinawag sa ilalim ng gayong pangalan, at may markang itinakda sa kanya.
- 11 At ito ay nangyari na, na sino mang hindi maniwala sa mga kaugalian ng mga Lamanita, subalit naniniwala sa mga yaong talaang dinala palabas mula sa lupain ng Jerusalem, at gayundin sa kaugalian ng kanilang mga ama, na tama, na naniwala sa mga kautusan ng Diyos at sinusunod ang mga ito, ay tinatawag na mga Nephita, o ang mga tao ni Nephi, magmula noon—
- 12 At sila yaong nag-ingat ng mga talaan na siyang totoo tungkol sa kanilang mga tao, at gayon din sa mga tao ng mga Lamanita.
- 13 Ngayon muli tayong magbabalik sa mga Amlicita sapagkat may marka ring inilagay sa kanila; oo, inilagay nila ang marka sa kanilang sarili, oo, maging isang markang pula sa kanilang mga noo.
- 14 Sa gayon natupad ang salita ng Diyos, sapagkat ito ang mga salitang sinabi niya kay Nephi: Masdan, ang mga Lamanita ay isinumpa ko, at ako ay maglalagay ng marka sa kanila upang sila at ang kanilang mga binhi ay maihiwalay mula sa iyo at sa iyong mga binhi, simula ngayon at magpakailanman, maliban kung sila ay magsisisi sa kanilang mga kasamaan at bumaling sa akin upang ako ay maawa sa kanila.
- 15 At muli: Ako ay maglalagay ng marka sa kanya na inihahalubilo ang kanyang mga binhi sa iyong mga kapatid, upang sila ay maisumpa rin.
- 16 At muli: Ako ay maglalagay ng marka sa kanya na kumakalaban sa iyo at sa iyong mga binhi.

And this was done that their seed might be distinguished from the seed of their brethren, that thereby the Lord God might preserve his people, that they might not mix and believe in incorrect traditions which would prove their destruction.

And it came to pass that whosoever did mingle his seed with that of the Lamanites did bring the same curse upon his seed.

Therefore, whosoever suffered himself to be led away by the Lamanites was called under that head, and there was a mark set upon him.

And it came to pass that whosoever would not believe in the tradition of the Lamanites, but believed those records which were brought out of the land of Jerusalem, and also in the tradition of their fathers, which were correct, who believed in the commandments of God and kept them, were called the Nephites, or the people of Nephi, from that time forth—

And it is they who have kept the records which are true of their people, and also of the people of the Lamanites.

Now we will return again to the Amlicites, for they also had a mark set upon them; yea, they set the mark upon themselves, yea, even a mark of red upon their foreheads.

Thus the word of God is fulfilled, for these are the words which he said to Nephi: Behold, the Lamanites have I cursed, and I will set a mark on them that they and their seed may be separated from thee and thy seed, from this time henceforth and forever, except they repent of their wickedness and turn to me that I may have mercy upon them.

And again: I will set a mark upon him that mingleth his seed with thy brethren, that they may be cursed also.

And again: I will set a mark upon him that fighteth against thee and thy seed.

- 17 At muli, sinasabi ko na siya na tumalikod sa iyo ay hindi na tatawagin pang iyong mga binhi; at pagpapalain kita, at ang sino mang tatawaging iyong mga binhi, simula ngayon at magpakailanman; at ito ang mga pangako ng Panginoon kay Nephi at sa kanyang mga binhi.
- 18 Ngayon hindi nalalaman ng mga Amlicita na tinutupad nila ang mga salita ng Diyos nang simulang markahan nila ang sarili sa kanilang mga noo; gayon pa man, sila ay lantarang naghimagsik laban sa Diyos; kung kaya nga't ang sumpa ay kinailangang mapasakanila.
- 19 Ngayon nais kong inyong makita na sila ang nagdala sa kanilang sarili ng sumpa; at gayon din, ang bawat taong isinumpa ang siya na ring nagdala sa kanyang sarili ng sarili niyang pagkakasumpa.
- 20 Ngayon ito ay nangyari na, na hindi pa lumilipas ang maraming araw matapos ang digmaang pinaglabanan sa lupain ng Zarahemla, ng mga Lamanita at ng mga Amlicita, na may isa pang hukbo ng mga Lamanita ang sumalakay sa mga tao ni Nephi, sa yaon ding lugar kung saan nakadigma ng unang hukbo ang mga Amlicita.
- 21 At ito ay nangyari na, na may hukbong ipinadala upang itaboy silang palabas ng kanilang lupain.
- 22 Ngayon, si Alma rin na pinahirapan ng sugat ay hindi umahon sa digmaan sa panahong ito laban sa mga Lamanita;
- 23 Subalit siya ay nagpadala ng napakaraming hukbo laban sa kanila; at sila ay umahon at pinatay ang marami sa mga Lamanita, at itinaboy ang nalalabi sa kanila palabas ng mga hangganan ng kanilang lupain.
- 24 At pagkatapos, sila ay muling nagbalik at nagsimulang itatag ang kapayapaan sa lupain, na hindi na ginagambala ng ilang panahon ng kanilang mga kaaway.
- 25 Ngayon, ang lahat ng bagay na ito ay naganap, oo, lahat ng digmaan at alitang ito ay nagsimula at nagtapos sa ikalimang taon ng panunungkulan ng mga hukom.

And again, I say he that departeth from thee shall no more be called thy seed; and I will bless thee, and whomsoever shall be called thy seed, henceforth and forever; and these were the promises of the Lord unto Nephi and to his seed.

Now the Amlicites knew not that they were fulfilling the words of God when they began to mark themselves in their foreheads; nevertheless they had come out in open rebellion against God; therefore it was expedient that the curse should fall upon them.

Now I would that ye should see that they brought upon themselves the curse; and even so doth every man that is cursed bring upon himself his own condemnation.

Now it came to pass that not many days after the battle which was fought in the land of Zarahemla, by the Lamanites and the Amlicites, that there was another army of the Lamanites came in upon the people of Nephi, in the same place where the first army met the Amlicites.

And it came to pass that there was an army sent to drive them out of their land.

Now Alma himself being afflicted with a wound did not go up to battle at this time against the Lamanites;

But he sent up a numerous army against them; and they went up and slew many of the Lamanites, and drove the remainder of them out of the borders of their land.

And then they returned again and began to establish peace in the land, being troubled no more for a time with their enemies.

Now all these things were done, yea, all these wars and contentions were commenced and ended in the fifth year of the reign of the judges.

26 At sa loob ng isang taon ay libu-libo at sampung sampung libong kaluluwa ang ipinadala sa walang hanggang daigdig, upang anihin nila ang kanilang mga gantimpala alinsunod sa kanilang mga gawa, maging mabuti man o masama, upang umani ng walang hanggang kaligayahan o walang hanggang kalungkutan, alinsunod sa espiritung kanilang piniling sundin, kung ito man ay mabuting espiritu o masama.

27 Sapagkat tinatanggap ng bawat tao ang kabayaran mula sa kanya na pinili niyang sundin, at ito ay ayon sa mga salita ng diwa ng propesiya; kaya nga, ito ay mangyayari alinsunod sa katotohanan. At sa gayon nagtapos ang ikalimang taon ng panunungkulan ng mga hukom.

And in one year were thousands and tens of thousands of souls sent to the eternal world, that they might reap their rewards according to their works, whether they were good or whether they were bad, to reap eternal happiness or eternal misery, according to the spirit which they listed to obey, whether it be a good spirit or a bad one.

For every man receiveth wages of him whom he listeth to obey, and this according to the words of the spirit of prophecy; therefore let it be according to the truth. And thus endeth the fifth year of the reign of the judges.

## Alma 4

- 1 Ngayon ito ay nangyari na, na sa ikaanim na taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi, na hindi nagkaroon ng alitan ni mga digmaan sa lupain ng Zarahemla;
- 2 Subalit ang mga tao ay nahirapan, oo, nahirapan nang labis dahil sa pagkawala ng kanilang mga kapatid, at gayon din sa pagkawala ng kanilang mga kawan ng tupa at baka, at gayon din sa pagkawala ng kanilang mga taniman ng butil, na niyapak-yapakan ng mga paa at winasak ng mga Lamanita.
- 3 At labis ang kanilang mga paghihirap kung kaya't ang bawat kaluluwa ay may dahilan upang magdalamhati; at pinaniwalaan nila na ito ay mga kahatulan ng Diyos na ipinadala sa kanila dahil sa kanilang kasamaan at mga karumal-dumal na gawain; anupa't, sila ay nagising sa pag-alaala sa kanilang tungkulin.
- 4 At sinimulan nilang itatag ang simbahan nang lubusan; oo, at marami ang bininyagan sa mga tubig ng Sidon at sumapi sa simbahan ng Diyos; oo, sila ay nabinyagan ng mga kamay ni Alma, na itinalagang mataas na saserdote sa mga tao ng simbahan, ng kamay ng kanyang amang si Alma.
- 5 At ito ay nangyari na, na sa ikapitong taon ng panunungkulan ng mga hukom ay may mga tatlong libo limangdaang katao ang isinapi ang kanilang sarili sa simbahan ng Diyos at bininyagan. At sa gayon nagtapos ang ikapitong taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi; at nagkaroon ng patuloy na kapayapaan sa buong panahong yaon.
- 6 At ito ay nangyari na, na sa ikawalong taon ng panunungkulan ng mga hukom, na ang mga tao ng simbahan ay nagsimulang maging palalo, dahil sa kanilang labis na kayamanan, at kanilang maiinam na sutla, at kanilang maiinam na hinabing lino, at dahil sa kanilang maraming kawan ng tupa at baka, at kanilang ginto at kanilang pilak, at lahat ng uri ng mahahalagang bagay, na kanilang natamo sa pamamagitan ng kanilang kasipagan; at sa lahat ng bagay na ito ay naiangat sila sa kapalaluan ng kanilang mga paningin, sapagkat sila ay nagsimulang magbihis ng napakamamahaling kasuotan.

## Alma 4

Now it came to pass in the sixth year of the reign of the judges over the people of Nephi, there were no contentions nor wars in the land of Zarahemla;

But the people were afflicted, yea, greatly afflicted for the loss of their brethren, and also for the loss of their flocks and herds, and also for the loss of their fields of grain, which were trodden under foot and destroyed by the Lamanites.

And so great were their afflictions that every soul had cause to mourn; and they believed that it was the judgments of God sent upon them because of their wickedness and their abominations; therefore they were awakened to a remembrance of their duty.

And they began to establish the church more fully; yea, and many were baptized in the waters of Sidon and were joined to the church of God; yea, they were baptized by the hand of Alma, who had been consecrated the high priest over the people of the church, by the hand of his father Alma.

And it came to pass in the seventh year of the reign of the judges there were about three thousand five hundred souls that united themselves to the church of God and were baptized. And thus ended the seventh year of the reign of the judges over the people of Nephi; and there was continual peace in all that time.

And it came to pass in the eighth year of the reign of the judges, that the people of the church began to wax proud, because of their exceeding riches, and their fine silks, and their fine-twined linen, and because of their many flocks and herds, and their gold and their silver, and all manner of precious things, which they had obtained by their industry; and in all these things were they lifted up in the pride of their eyes, for they began to wear very costly apparel.

- 7 Ngayon, ito ang dahilan ng labis na paghihirap ni Alma, oo, at ng marami sa mga taong itinalaga ni Alma na maging mga guro, at saserdote, at elder ng simbahan; oo, marami sa kanila ang labis na nagdalamhati dahil sa kasamaang nakita nilang nagsimula sa kanilang mga tao.
- 8 Sapagkat nakita nila at napagmasdan sa labis na kalungkutan na ang mga tao ng simbahan ay nagsimulang iangat sa kapalaluan ng kanilang mga paningin, at inilagak ang kanilang mga puso sa mga kayamanan at sa mga walang kabuluhang bagay ng daigdig, kung kaya't sila ay nagsimulang maging mapanlibak sa isa't isa, at sinimulan nilang usigin yaong hindi naniniwala alinsunod sa kanilang sariling kagustuhan at kasiyahan.
- 9 At sa gayon, sa ikawalong taong ito ng panunungkulan ng mga hukom, nagsimulang magkaroon ng malaking alitan sa mga tao ng simbahan; oo, nagkaroon ng mga inggitan, at sigalutan, at masamang hangarin, at mga pag-uusig, at kapalaluan, maging hanggang sa mahigitan ang kapalaluan ng mga yaong hindi kabilang sa simbahan ng Diyos.
- 10 At sa gayon nagtapos ang ikawalong taon ng panunungkulan ng mga hukom; at ang kasamaan ng simbahan ay isang malaking batong kinatitisan ng mga yaong hindi kabilang sa simbahan; at sa gayon nagsimulang maantala ang simbahan sa pag-unlad nito.
- 11 At ito ay nangyari na, na sa pagsisimula ng ikasiyam na taon, nakita ni Alma ang kasamaan ng simbahan, at nakita rin niya na ang halimbawa ng simbahan ay nagsimulang akayin yaong mga hindi naniniwala mula sa isang paggawa ng kasamaan sa isa pa, sa gayon dinadala sa pagkawasak ang mga tao.
- 12 Oo, nakita niya ang malaking hindi pagkakapantay-pantay ng mga tao, iniaangat ng ilan ang kanilang sarili sa kanilang kapalaluan, hinahamak ang iba, tinatalikuran ang nangangailangan at ang hubad at yaong mga nagugutom, at yaong mga nauuhaw, at yaong mga may karamdaman at naghihirap.

Now this was the cause of much affliction to Alma, yea, and to many of the people whom Alma had consecrated to be teachers, and priests, and elders over the church; yea, many of them were sorely grieved for the wickedness which they saw had begun to be among their people.

For they saw and beheld with great sorrow that the people of the church began to be lifted up in the pride of their eyes, and to set their hearts upon riches and upon the vain things of the world, that they began to be scornful, one towards another, and they began to persecute those that did not believe according to their own will and pleasure.

And thus, in this eighth year of the reign of the judges, there began to be great contentions among the people of the church; yea, there were envyings, and strife, and malice, and persecutions, and pride, even to exceed the pride of those who did not belong to the church of God.

And thus ended the eighth year of the reign of the judges; and the wickedness of the church was a great stumbling-block to those who did not belong to the church; and thus the church began to fail in its progress.

And it came to pass in the commencement of the ninth year, Alma saw the wickedness of the church, and he saw also that the example of the church began to lead those who were unbelievers on from one piece of iniquity to another, thus bringing on the destruction of the people.

Yea, he saw great inequality among the people, some lifting themselves up with their pride, despising others, turning their backs upon the needy and the naked and those who were hungry, and those who were athirst, and those who were sick and afflicted.

- 13 Ngayon, ito ay isang malaking dahilan ng pananaghoy sa mga tao, samantalang hinahamak ng iba ang kanilang sarili, tinutulungan yaong mga nangangailangan ng kanilang tulong, katulad ng pamamahagi ng kanilang kabuhayan sa mga maralita at nangangailangan, pinakakain ang nagugutom, at nagdaranas ng lahat ng uri ng paghihirap, dahil kay Cristo, na paparito ayon sa diwa ng propesiya;
- 14 Tumatanaw sa araw na yaon, sa gayon pinananatili ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan; na napuspos ng labis na kagalakan dahil sa pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, alinsunod sa kalooban at kapangyarihan at pagpapalaya ni Jesucristo mula sa mga gapos ng kamatayan.
- 15 At ngayon ito ay nangyari na, na si Alma, matapos makita ang mga paghihirap ng mga mapagpakumbabang tagasunod ng Diyos, at ang mga pag-uusig na ibinunton sa kanila ng mga nalalabi sa kanyang mga tao, at nakikita ang lahat ng kanilang hindi pagkakapantay-pantay, ay nagsimulang labis na malungkot; gayon pa man, siya ay hindi binigo ng Espiritu ng Panginoon.
- 16 At siya ay pumili ng isang matalinong lalaki na nasa mga elder ng simbahan, at binigyan siya ng kapangyarihan alinsunod sa tinig ng mga tao, upang siya ay magkaroon ng kapangyarihang magpatibay ng mga batas alinsunod sa mga batas na ibinigay at upang ipatupad ang mga yaon alinsunod sa kasamaan at kasalanan ng mga tao.
- 17 Ngayon, ang pangalan ng lalaking ito ay Nefihas, at siya ay hinirang na punong hukom; at siya ay umupo sa hukumang-luklukan upang hatulan at pamahalaan ang mga tao.
- 18 Ngayon hindi ipinagkaloob sa kanya ni Alma ang katungkulan ng pagiging mataas na saserdote ng simbahan, kundi pinanatili niya ang katungkulan ng mataas na saserdote sa kanyang sarili; subalit kanyang ipinaubaya ang hukumang-luklukan kay Nefihas.

Now this was a great cause for lamentations among the people, while others were abasing themselves, succoring those who stood in need of their succor, such as imparting their substance to the poor and the needy, feeding the hungry, and suffering all manner of afflictions, for Christ's sake, who should come according to the spirit of prophecy;

Looking forward to that day, thus retaining a remission of their sins; being filled with great joy because of the resurrection of the dead, according to the will and power and deliverance of Jesus Christ from the bands of death.

And now it came to pass that Alma, having seen the afflictions of the humble followers of God, and the persecutions which were heaped upon them by the remainder of his people, and seeing all their inequality, began to be very sorrowful; nevertheless the Spirit of the Lord did not fail him.

And he selected a wise man who was among the elders of the church, and gave him power according to the voice of the people, that he might have power to enact laws according to the laws which had been given, and to put them in force according to the wickedness and the crimes of the people.

Now this man's name was Nephihah, and he was appointed chief judge; and he sat in the judgment-seat to judge and to govern the people.

Now Alma did not grant unto him the office of being high priest over the church, but he retained the office of high priest unto himself; but he delivered the judgment-seat unto Nephihah.



19 At ito ay ginawa niya upang siya rin ay makatungo sa kanyang mga tao, o sa mga tao ni Nephi, upang maipangaral niya ang salita ng Diyos sa kanila, upang pukawin sila sa pag-aalaala sa kanilang tungkulin, at upang mahila niyang pababa, sa pamamagitan ng salita ng Diyos, ang lahat ng kapalaluan at katusuhan at lahat ng alitang umiiral sa kanyang mga tao, nakikitang walang paraan upang kanyang mabawi sila maliban sa pagpapatotoo ng dalisay na patotoo laban sa kanila.

20 At sa gayon sa pagsisimula ng ikasiyam na taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi, ipinaubaya ni Alma kay Nefihas ang hukumang-luklukan, at lubos na iniukol ang kanyang sarili sa mataas na pagkasaserdote ng banal na orden ng Diyos, para sa patotoo ng salita, alinsunod sa diwa ng paghahayag at propesiya.

And this he did that he himself might go forth among his people, or among the people of Nephi, that he might preach the word of God unto them, to stir them up in remembrance of their duty, and that he might pull down, by the word of God, all the pride and craftiness and all the contentions which were among his people, seeing no way that he might reclaim them save it were in bearing down in pure testimony against them.

And thus in the commencement of the ninth year of the reign of the judges over the people of Nephi, Alma delivered up the judgment-seat to Nephihah, and confined himself wholly to the high priesthood of the holy order of God, to the testimony of the word, according to the spirit of revelation and prophecy.

*Ang mga salita ni Alma, ang Mataas na Saserdote, alinsunod sa banal na orden ng Diyos, na ipinabayag sa mga tao sa kanilang mga lunsod at nayon sa labat ng dako ng lupain.*

## Alma 5

- 1 Ngayon ito ay nangyari na, na si Alma ay nagsimulang ipahayag ang salita ng Diyos sa mga tao, una sa lupain ng Zarahemla, at buhat doon patungo sa lahat ng dako ng buong lupain.
- 2 At ito ang mga salitang kanyang sinabi sa mga tao ng simbahan na itinatag sa lunsod ng Zarahemla, ayon sa kanyang sariling talaan, sinasabing:
- 3 Ako, si Alma, matapos na maitalaga ng aking amang si Alma na maging isang mataas na saserdote ng simbahan ng Diyos, siya na nagtataglay ng kapangyarihan at karapatan mula sa Diyos na gawin ang mga bagay na ito, masdan, sinasabi ko sa inyo na siya ay nagsimulang magtatag ng simbahan sa lupain na nasa mga hangganan ng Nephi; oo, ang lupaing tinatawag na lupain ng Mormon; oo, at bininyagan niya ang kanyang mga kapatid sa mga tubig ng Mormon.
- 4 At masdan, sinasabi ko sa inyo, sila ay naligtas mula sa kamay ng mga tao ni haring Noe sa pamamagitan ng awa at kapangyarihan ng Diyos.
- 5 At masdan, pagkatapos niyon, sila ay dinala sa pagkaalipin ng mga kamay ng mga Lamanita sa ilang; oo, sinasabi ko sa inyo, sila ay nasa pagkabihag, at muli silang pinalaya ng Panginoon mula sa kanilang pagkaalipin sa kapangyarihan ng kanyang salita; at kami ay dinala sa lupaing ito, at dito ay sinimulan naming magtatag ng simbahan ng Diyos sa lahat ng dako ng lupain ding ito.
- 6 At ngayon masdan, sinasabi ko sa inyo, aking mga kapatid, kayo na nabibilang sa simbahang ito, napanatili ba ninyo nang husto sa inyong alaala ang pagkabihag ng inyong mga ama? Oo, at napanatili ba ninyo nang husto sa inyong alaala ang kanyang awa at mahabang pagtitiis para sa kanila? At bukod doon, napanatili ba ninyo nang husto sa inyong alaala na kanyang iniligtas ang kanilang mga kaluluwa mula sa impiyerno?

*The words which Alma, the High Priest according to the holy order of God, delivered to the people in their cities and villages throughout the land.*

## Alma 5

Now it came to pass that Alma began to deliver the word of God unto the people, first in the land of Zarahemla, and from thence throughout all the land.

And these are the words which he spake to the people in the church which was established in the city of Zarahemla, according to his own record, saying:

I, Alma, having been consecrated by my father, Alma, to be a high priest over the church of God, he having power and authority from God to do these things, behold, I say unto you that he began to establish a church in the land which was in the borders of Nephi; yea, the land which was called the land of Mormon; yea, and he did baptize his brethren in the waters of Mormon.

And behold, I say unto you, they were delivered out of the hands of the people of king Noah, by the mercy and power of God.

And behold, after that, they were brought into bondage by the hands of the Lamanites in the wilderness; yea, I say unto you, they were in captivity, and again the Lord did deliver them out of bondage by the power of his word; and we were brought into this land, and here we began to establish the church of God throughout this land also.

And now behold, I say unto you, my brethren, you that belong to this church, have you sufficiently retained in remembrance the captivity of your fathers? Yea, and have you sufficiently retained in remembrance his mercy and long-suffering towards them? And moreover, have ye sufficiently retained in remembrance that he has delivered their souls from hell?

- 7 Masdan, pinagbago niya ang kanilang mga puso; oo, sila ay ginising niya mula sa mahimbing na pagkakatulog, at sila ay nagising sa Diyos. Masdan, sila ay nasa gitna ng kadiliman; gayunpaman, ang kanilang mga kaluluwa ay naliwanagan sa pamamagitan ng liwanag ng walang hanggang salita; oo, sila ay nagapos ng mga gapos ng kamatayan, at ng mga tanikala ng impiyerno, at ang walang hanggang pagkawasak ay naghintay sa kanila.
- 8 At ngayon tinatanong ko kayo, aking mga kapatid, sila ba ay nalipol? Masdan, sinasabi ko sa inyo, Hindi sila nalipol.
- 9 At muli, aking itinatanong, ang mga gapos ba ng kamatayan ay nalagot, at ang mga tanikala ng impiyerno na nakagapos sa kanila, ito ba ay nakalag? Sinasabi ko sa inyo, Oo, ang mga ito ay nakalag at ang kanilang mga kaluluwa ay labis na naligayahan at sila ay umawit ng mapagtubos na pag-ibig. At sinasabi ko sa inyo na sila ay nangaligtas.
- 10 At ngayon itinatanong ko sa inyo kung sa anong kalagayan sila nangaligtas? Oo, anong batayan mayroon sila upang umasa ng kaligtasan? Ano ang dahilan ng kanilang pagkakakalag mula sa mga gapos ng kamatayan, oo, at gayundin sa mga tanikala ng impiyerno?
- 11 Masdan, masasabi ko sa inyo—hindi ba't ang aking amang si Alma ay naniwala sa mga salitang ipinahayag ng bibig ni Abinadi? At hindi ba't siya ay isang banal na propeta? Hindi ba't siya ay nangusap ng mga salita ng Diyos, at ang aking amang si Alma ay naniwala rito?
- 12 At alinsunod sa kanyang pananampalataya, isang malaking pagbabago ang nangyari sa kanyang puso. Masdan, sinasabi ko sa inyo na ang lahat ng ito ay totoo.
- 13 At masdan, ipinangaral niya ang salita sa inyong mga ama, at isa ring malaking pagbabago ang nangyari sa kanilang mga puso, at sila ay nagpakumbaba ng kanilang sarili at ibinigay ang kanilang pagtitiwala sa totoo at buhay na Diyos. At masdan, sila ay matatapat hanggang wakas; kaya't sila ay nangaligtas.

Behold, he changed their hearts; yea, he awakened them out of a deep sleep, and they awoke unto God. Behold, they were in the midst of darkness; nevertheless, their souls were illuminated by the light of the everlasting word; yea, they were encircled about by the bands of death, and the chains of hell, and an everlasting destruction did await them.

And now I ask of you, my brethren, were they destroyed? Behold, I say unto you, Nay, they were not.

And again I ask, were the bands of death broken, and the chains of hell which encircled them about, were they loosed? I say unto you, Yea, they were loosed, and their souls did expand, and they did sing redeeming love. And I say unto you that they are saved.

And now I ask of you on what conditions are they saved? Yea, what grounds had they to hope for salvation? What is the cause of their being loosed from the bands of death, yea, and also the chains of hell?

Behold, I can tell you—did not my father Alma believe in the words which were delivered by the mouth of Abinadi? And was he not a holy prophet? Did he not speak the words of God, and my father Alma believe them?

And according to his faith there was a mighty change wrought in his heart. Behold I say unto you that this is all true.

And behold, he preached the word unto your fathers, and a mighty change was also wrought in their hearts, and they humbled themselves and put their trust in the true and living God. And behold, they were faithful until the end; therefore they were saved.

- 14 At ngayon masdan, itinatanong ko sa inyo, aking mga kapatid sa simbahan, kayo ba ay espirituwal na isinilang sa Diyos? Inyo bang tinanggap ang kanyang larawan sa inyong mga mukha? Inyo bang naranasan ang malaking pagbabagong ito sa inyong mga puso?
- 15 Ginagamit ba ninyo ang inyong pananampalataya sa pagkakatubos niya na lumikha sa inyo? Kayo ba ay umaasa nang may mata ng pananampalataya at nakikita ang may kamatayang katawang ito na ibinabangon sa kawalang-kamatayan, at ang kabulukang ito na ibinabangon sa kawalang-kabulukan, na tumayo sa harapan ng Diyos upang hatulan alinsunod sa mga gawang kanilang ginawa sa katawang-lupa?
- 16 Sinasabi ko sa inyo, naiisip ba ninyo sa inyong sarili na naririnig ninyo ang tinig ng Panginoon, na sinasabi sa inyo sa araw na yaon: Lumapit sa akin kayong mga pinagpala, sapagkat masdan, ang inyong mga gawa ay mga gawa ng kabutihan sa balat ng lupa.
- 17 O iniisip ba ninyo sa inyong sarili na kayo ay makapagsisinungaling sa Panginoon sa araw na yaon, at makapagsasabing—Panginoon, ang aming mga gawa ay naging mabubuting gawa sa balat ng lupa—at sa gayon ililigtas niya kayo?
- 18 O kaya naman, naiisip ba ninyo ang inyong sarili na dinala sa harapan ng hukuman ng Diyos, na ang inyong mga kaluluwa ay puno ng pagkakasala at paggigiyagis, na may alaala ng lahat ng inyong pagkakasala, oo, isang ganap na alaala ng lahat ng inyong kasamaan, oo, isang alaala na inyong ginawang labagin ang mga kautusan ng Diyos?
- 19 Sinasabi ko sa inyo, kayo ba ay makatitingala sa Diyos sa araw na yaon nang may dalisay na puso at malinis na mga kamay? Sinasabi ko sa inyo, kayo ba ay makatitingala na ang larawan ng Diyos ay nakaukit sa inyong mga mukha?
- 20 Sinasabi ko sa inyo, kayo ba ay nag-aakalang maliligtas kung naisuko ninyo ang sarili na maging mga sakop ng diyablo?

And now behold, I ask of you, my brethren of the church, have ye spiritually been born of God? Have ye received his image in your countenances? Have ye experienced this mighty change in your hearts?

Do ye exercise faith in the redemption of him who created you? Do you look forward with an eye of faith, and view this mortal body raised in immortality, and this corruption raised in incorruption, to stand before God to be judged according to the deeds which have been done in the mortal body?

I say unto you, can you imagine to yourselves that ye hear the voice of the Lord, saying unto you, in that day: Come unto me ye blessed, for behold, your works have been the works of righteousness upon the face of the earth?

Or do ye imagine to yourselves that ye can lie unto the Lord in that day, and say—Lord, our works have been righteous works upon the face of the earth—and that he will save you?

Or otherwise, can ye imagine yourselves brought before the tribunal of God with your souls filled with guilt and remorse, having a remembrance of all your guilt, yea, a perfect remembrance of all your wickedness, yea, a remembrance that ye have set at defiance the commandments of God?

I say unto you, can ye look up to God at that day with a pure heart and clean hands? I say unto you, can you look up, having the image of God engraven upon your countenances?

I say unto you, can ye think of being saved when you have yielded yourselves to become subjects to the devil?

- 21 Sinasabi ko sa inyo, malalaman ninyo sa mga araw na yaon na kayo ay hindi maliligtas; sapagkat walang sino mang tao ang maliligtas maliban kung ang kanyang mga kasuotan ay nahugasang maputi; oo, ang kanyang mga kasuotan ay kailangang dalisayin hanggang sa ito ay maging malinis sa lahat ng dumi, sa pamamagitan ng dugo niya na siyang sinasabi ng ating mga ama, na paparito upang tubusin ang kanyang mga tao mula sa kanilang mga kasalanan.
- 22 At ngayon tinatanong ko kayo, aking mga kapatid, ano ang madarama ng sino man sa inyo, kung kayo ay tatayo sa harapan ng hukuman ng Diyos, na ang inyong mga kasuotan ay nabahiran ng dugo at ng lahat ng uri ng karumihan? Masdan, ano ang patototohanan ng mga bagay na ito laban sa inyo?
- 23 Masdan, hindi ba't patototohanan nito na kayo ay mga mamamatay-tao, oo, at kayo rin ay nagkasala ng lahat ng uri ng kasamaan?
- 24 Masdan, aking mga kapatid, inaakala ba ninyo na ang gayon ay magkakaroon ng lugar upang umupo sa kaharian ng Diyos, kasama ni Abraham, kasama ni Isaac, at kasama ni Jacob, at gayundin ng lahat ng banal na propeta, na ang mga kasuotan ay nangalinis at walang bahid-dungis, dalisay at maputi?
- 25 Sinasabi ko sa inyo, Hindi; maliban kung gawin ninyong isang sinungaling ang ating Lumikha mula sa simula, o inaakala na siya ay isang sinungaling mula sa simula, hindi ninyo maipalalagay na ang gayon ay magkakaroon ng lugar sa kaharian ng langit; kundi sila ay itatakwil sapagkat sila ang mga anak ng kaharian ng diyablo.
- 26 At ngayon masdan, sinasabi ko sa inyo, aking mga kapatid, kung inyo nang naranasan ang pagbabago ng puso, at kung inyo nang nadama ang umawit ng awit ng mapagtubos na pag-ibig, itinatanong ko, nadarama ba ninyo ang gayon ngayon?
- 27 Kayo ba ay lumakad na pinananatiling walang sala ang inyong sarili sa harapan ng Diyos? Masasabi ba ninyo sa inyong sarili, kung kayo ay tatawaging mamatay sa mga sandaling ito, na kayo ay naging sapat na mapagpakumbaba? Na ang inyong mga kasuotan ay nalinis at nagawang maputi sa pamamagitan ng dugo ni Cristo, na paparito upang tubusin ang kanyang mga tao mula sa kanilang mga kasalanan?

I say unto you, ye will know at that day that ye cannot be saved; for there can no man be saved except his garments are washed white; yea, his garments must be purified until they are cleansed from all stain, through the blood of him of whom it has been spoken by our fathers, who should come to redeem his people from their sins.

And now I ask of you, my brethren, how will any of you feel, if ye shall stand before the bar of God, having your garments stained with blood and all manner of filthiness? Behold, what will these things testify against you?

Behold will they not testify that ye are murderers, yea, and also that ye are guilty of all manner of wickedness?

Behold, my brethren, do ye suppose that such an one can have a place to sit down in the kingdom of God, with Abraham, with Isaac, and with Jacob, and also all the holy prophets, whose garments are cleansed and are spotless, pure and white?

I say unto you, Nay; except ye make our Creator a liar from the beginning, or suppose that he is a liar from the beginning, ye cannot suppose that such can have place in the kingdom of heaven; but they shall be cast out for they are the children of the kingdom of the devil.

And now behold, I say unto you, my brethren, if ye have experienced a change of heart, and if ye have felt to sing the song of redeeming love, I would ask, can ye feel so now?

Have ye walked, keeping yourselves blameless before God? Could ye say, if ye were called to die at this time, within yourselves, that ye have been sufficiently humble? That your garments have been cleansed and made white through the blood of Christ, who will come to redeem his people from their sins?

- 28 Masdan, nahubad na ba sa inyo ang kapalaluan? Sinasabi ko sa inyo, kung hindi, kayo ay hindi pa nakahandang humarap sa Diyos. Masdan, kayo ay kailangang maghanda nang mabilis; sapagkat ang kaharian ng langit ay nalalapit na, at ang gayon ay walang buhay na walang hanggan.
- 29 Masdan, sinasabi ko, mayroon bang isa man sa inyo na hindi pa nahuhubaran ng inggit? Sinasabi ko sa inyo, na ang gayon ay hindi nakahanda; at nais ko na siya ay maghanda nang mabilis, sapagkat ang oras ay malapit na; at hindi niya nalalaman kung kailan darating ang sandali, sapagkat ang gayon ay hindi matatagpuang walang kasalanan.
- 30 At muli sinasabi ko sa inyo, mayroon bang isa man sa inyo na gumagawa ng pangungutya sa kanyang kapatid, o ibinubunton sa kanya ang mga pag-uusig?
- 31 Sa aba sa gayon, sapagkat hindi siya nakahanda, at ang panahon ay nalalapit na, na kailangan niyang magsisi o siya ay hindi maliligtas!
- 32 Oo, maging sa aba ninyong lahat na manggagawa ng kasamaan; magsisi, magsisi, sapagkat ang Panginoong Diyos ang nagsalita nito!
- 33 Masdan, siya ay nagpadala ng paanyaya sa lahat ng tao, sapagkat ang mga bisig ng awa ay nakaunat sa kanila, at kanyang sinabi: Magsisi, at akin kayong tatanggapin.
- 34 Oo, kanyang sinabi: Lumapit sa akin at kayo ay makababahagi sa bunga ng punungkahoy ng buhay; oo, kayo ay malayang makakakain at makaiinom ng tinapay at ng mga tubig ng buhay;
- 35 Oo, lumapit sa akin at gumawa ng mga gawa ng kabutihan at hindi kayo puputulin at ihahagis sa apoy—
- 36 Sapagkat masdan, ang panahon ay nalalapit na, na ang sino mang hindi namumunga ng mabuting bunga, o ang sino mang hindi gumagawa ng mga gawa ng kabutihan, siya rin ay may dahilan upang managhoy at magdalamhati.

Behold, are ye stripped of pride? I say unto you, if ye are not ye are not prepared to meet God. Behold ye must prepare quickly; for the kingdom of heaven is soon at hand, and such an one hath not eternal life.

Behold, I say, is there one among you who is not stripped of envy? I say unto you that such an one is not prepared; and I would that he should prepare quickly, for the hour is close at hand, and he knoweth not when the time shall come; for such an one is not found guiltless.

And again I say unto you, is there one among you that doth make a mock of his brother, or that heapeth upon him persecutions?

Wo unto such an one, for he is not prepared, and the time is at hand that he must repent or he cannot be saved!

Yea, even wo unto all ye workers of iniquity; repent, repent, for the Lord God hath spoken it!

Behold, he sendeth an invitation unto all men, for the arms of mercy are extended towards them, and he saith: Repent, and I will receive you.

Yea, he saith: Come unto me and ye shall partake of the fruit of the tree of life; yea, ye shall eat and drink of the bread and the waters of life freely;

Yea, come unto me and bring forth works of righteousness, and ye shall not be hewn down and cast into the fire—

For behold, the time is at hand that whosoever bringeth forth not good fruit, or whosoever doeth not the works of righteousness, the same have cause to wail and mourn.

37 O kayong mga manggagawa ng kasamaan; kayong nagmamataas sa mga walang kabuluhang bagay ng daigdig, kayo na nagkukunwaring nakaaalam sa mga landas ng kabutihan, gayunman ay mga nangaligaw, na tulad ng mga tupang walang pastol, sa kabila nang ang pastol ay tumawag sa inyo, at tumatawag pa rin sa inyo, subalit ayaw kayong makinig sa kanyang tinig!

38 Masdan, sinasabi ko sa inyo, na ang mabuting pastol ay tumatawag sa inyo; oo, at sa kanyang sariling pangalan kayo ay tinatawag niya, na ang pangalan ay Cristo; at kung hindi kayo makikinig sa tinig ng mabuting pastol, sa pangalang itinatawag sa inyo, masdan, kayo ay hindi mga tupa ng mabuting pastol.

39 At ngayon, kung kayo ay hindi mga tupa ng mabuting pastol, saang kawan kayo kabilang? Masdan, sinasabi ko sa inyo, na ang diyablo ang inyong pastol, at kayo ay kabilang sa kanyang kawan; at ngayon, sino ang makapagkakaila nito? Masdan, sinasabi ko sa inyo, ang sino mang magkaila nito ay isang sinungaling at isang anak ng diyablo.

40 Sapagkat sinasabi ko sa inyo na ano mang mabuti ay nagbubuhay sa Diyos; at ano mang masama ay nagbubuhay sa diyablo.

41 Anupa't kung ang isang tao ay gumagawa ng mabubuting gawa, siya ay nakikinig sa tinig ng mabuting pastol, at siya ay sumusunod sa kanya; subalit sino man ang gumagawa ng masasamang gawa, siya rin ay nagiging isang anak ng diyablo, sapagkat siya ay nakikinig sa kanyang tinig, at sumusunod sa kanya.

42 At sino man ang gumagawa nito ay kailangang tumanggap ng kanyang kabayaran mula sa kanya; kaya nga, para sa kanyang kabayaran siya ay tatanggap ng kamatayan, sa mga bagay na nauukol sa kabutihan, sapagkat patay sa lahat ng mabubuting gawa.

43 At ngayon, aking mga kapatid, nais kong pakinggan ninyo ako, sapagkat ako ay nagsasalita sa lakas ng aking kaluluwa; sapagkat masdan, ako ay nagsalita sa inyo nang malinaw upang kayo ay huwag magkamali, o nagsalita alinsunod sa kautusan ng Diyos.

O ye workers of iniquity; ye that are puffed up in the vain things of the world, ye that have professed to have known the ways of righteousness nevertheless have gone astray, as sheep having no shepherd, notwithstanding a shepherd hath called after you and is still calling after you, but ye will not hearken unto his voice!

Behold, I say unto you, that the good shepherd doth call you; yea, and in his own name he doth call you, which is the name of Christ; and if ye will not hearken unto the voice of the good shepherd, to the name by which ye are called, behold, ye are not the sheep of the good shepherd.

And now if ye are not the sheep of the good shepherd, of what fold are ye? Behold, I say unto you, that the devil is your shepherd, and ye are of his fold; and now, who can deny this? Behold, I say unto you, whosoever denieth this is a liar and a child of the devil.

For I say unto you that whatsoever is good cometh from God, and whatsoever is evil cometh from the devil.

Therefore, if a man bringeth forth good works he hearkeneth unto the voice of the good shepherd, and he doth follow him; but whosoever bringeth forth evil works, the same becometh a child of the devil, for he hearkeneth unto his voice, and doth follow him.

And whosoever doeth this must receive his wages of him; therefore, for his wages he receiveth death, as to things pertaining unto righteousness, being dead unto all good works.

And now, my brethren, I would that ye should hear me, for I speak in the energy of my soul; for behold, I have spoken unto you plainly that ye cannot err, or have spoken according to the commandments of God.

- 44 Sapagkat ako ay tinawag na magsalita sa ganitong paraan, alinsunod sa banal na orden ng Diyos na na kay Cristo Jesus; oo, ako ay inutusang tumayo at magpatotoo sa mga taong ito ng mga bagay na sinabi ng ating mga ama hinggil sa mga bagay na darating.
- 45 At hindi lamang ito. Hindi ba ninyo inakala na alam ko ang mga bagay na ito sa aking sarili? Masdan, ako ay nagpapatotoo sa inyo na alam ko na ang mga bagay na aking sinabi ay totoo. At paano ninyo inakala na alam ko ang kanilang katiyakan?
- 46 Masdan, sinasabi ko sa inyo na ang mga yaon ay ipinaalam sa akin ng Banal na Espiritu ng Diyos. Masdan, ako ay nag-ayuno at nanalangin nang maraming araw upang aking malaman ang mga bagay na ito sa aking sarili. At ngayon nalalaman ko sa aking sarili na ang mga yaon ay totoo; sapagkat ang Panginoong Diyos ang nagbigay-alam nito sa akin sa pamamagitan ng kanyang Banal na Espiritu; at ito ang diwa ng paghahayag na nasa akin.
- 47 At bukod dito, sinasabi ko sa inyo na ito ay sa gayon ipinahayag sa akin, na ang mga salitang sinabi ng ating mga ama ay totoo, maging alinsunod sa diwa ng propesiya na nasa akin, na siya ring ipinahayag ng Espiritu ng Diyos.
- 48 Sinasabi ko sa inyo, na alam ko sa aking sarili na anumang aking sasabihin sa inyo, hinggil doon sa darating, ay totoo; at sinasabi ko sa inyo na alam kong si Jesucristo ay paparito, oo, ang Anak, ang Bugtong ng Ama, puspos ng biyaya, at awa, at katotohanan. At masdan, siya itong paparito upang alisin ang mga kasalanan ng sanlibutan, oo, ang mga kasalanan ng bawat taong matatag na naniniwala sa kanyang pangalan.
- 49 At ngayon, sinasabi ko sa inyo na ito ang orden kung saan ako ay tinawag, oo, ang mangaral sa mga minamahal kong kapatid, oo, at sa bawat isa na naninirahan sa lupain; oo, ang mangaral sa lahat, kapwa sa matanda at bata, kapwa sa alipin at malaya; oo, sinasabi ko sa inyo na mga may edad na, at gayundin sa nasa katanghalian ng gulang, at sa darating na salinlahi; oo, ang ipahayag sa kanila na sila ay kailangang magsisi at isilang na muli.

For I am called to speak after this manner, according to the holy order of God, which is in Christ Jesus; yea, I am commanded to stand and testify unto this people the things which have been spoken by our fathers concerning the things which are to come.

And this is not all. Do ye not suppose that I know of these things myself? Behold, I testify unto you that I do know that these things whereof I have spoken are true. And how do ye suppose that I know of their surety?

Behold, I say unto you they are made known unto me by the Holy Spirit of God. Behold, I have fasted and prayed many days that I might know these things of myself. And now I do know of myself that they are true; for the Lord God hath made them manifest unto me by his Holy Spirit; and this is the spirit of revelation which is in me.

And moreover, I say unto you that it has thus been revealed unto me, that the words which have been spoken by our fathers are true, even so according to the spirit of prophecy which is in me, which is also by the manifestation of the Spirit of God.

I say unto you, that I know of myself that whatsoever I shall say unto you, concerning that which is to come, is true; and I say unto you, that I know that Jesus Christ shall come, yea, the Son, the Only Begotten of the Father, full of grace, and mercy, and truth. And behold, it is he that cometh to take away the sins of the world, yea, the sins of every man who steadfastly believeth on his name.

And now I say unto you that this is the order after which I am called, yea, to preach unto my beloved brethren, yea, and every one that dwelleth in the land; yea, to preach unto all, both old and young, both bond and free; yea, I say unto you the aged, and also the middle aged, and the rising generation; yea, to cry unto them that they must repent and be born again.



50 Oo, ganito ang wika ng Espiritu: Magsisi, kayong lahat na nasa mga dulo ng mundo, sapagkat ang kaharian ng langit ay nalalapit na; oo, ang Anak ng Diyos ay paparito sa kanyang kaluwalhatian, sa kanyang lakas, kamahalan, kapangyarihan, at pamamahala. Oo, mga minamahal kong kapatid, sinasabi ko sa inyo na ang Espiritu ay nagsabi: Masdan, ang kaluwalhatian ng Hari ng buong mundo; at Hari rin ng langit, sa lalong madaling panahon siya ay sisikat sa lahat ng anak ng tao.

51 At sinabi rin ng Espiritu sa akin, oo, sumigaw sa akin sa malakas na tinig, sinasabing: Humayo at sabihin sa mga taong ito—Magsisi, sapagkat maliban kung kayo ay magsisisi, hindi kayo sa anumang paraan magmamana ng kaharian ng langit.

52 At muli sinasabi ko sa inyo, ang Espiritu ay nagsabing: Masdan, ang palakol ay nakalagay sa ugat ng punungkahoy; kaya nga, bawat puno na hindi namumunga ng mabuting bunga ay puputulin at ihahagis sa apoy, oo, sa apoy na hindi nauubos, maging isang hindi naapulagang apoy. Masdan at tandaan, ang Banal ang siyang nagsalita nito.

53 At ngayon mga minamahal kong kapatid, sinasabi ko sa inyo, mapangangatwiran ba ninyo ang mga ganitong salita; oo, maisasantabi ba ninyo ang ganitong mga bagay, at yurakan ang Banal sa ilalim ng inyong mga paa, oo, kayo ba ay magmamataas sa kapalaluan ng inyong mga puso; oo, kayo ba ay magpipilit pa rin sa pagbibihis ng mamahaling kasuotan at ilalagak ang inyong mga puso sa mga walang kabuluhang bagay ng daigdig, sa inyong mga kayamanan?

54 Oo, kayo ba ay magpipilit na ipalagay na kayo ay nakahihigit sa iba; oo, kayo ba ay magpipilit na hamakin ang inyong mga kapatid, na nagpakumbaba ng kanilang sarili at lumalakad alinsunod sa banal na orden ng Diyos, kung kaya sila ay nadala sa simbahang ito, na pinabanal ng Banal na Espiritu, at sila ay gumawa ng mga gawang karapat-dapat sa pagsisisi—

55 Oo, at kayo ba ay magpipilit na tumalikod sa mga maralita at nangangailangan, at sa pagkakait ng inyong kabuhayan sa kanila?

Yea, thus saith the Spirit: Repent, all ye ends of the earth, for the kingdom of heaven is soon at hand; yea, the Son of God cometh in his glory, in his might, majesty, power, and dominion. Yea, my beloved brethren, I say unto you, that the Spirit saith: Behold the glory of the King of all the earth; and also the King of heaven shall very soon shine forth among all the children of men.

And also the Spirit saith unto me, yea, crieth unto me with a mighty voice, saying: Go forth and say unto this people—Repent, for except ye repent ye can in nowise inherit the kingdom of heaven.

And again I say unto you, the Spirit saith: Behold, the ax is laid at the root of the tree; therefore every tree that bringeth not forth good fruit shall be hewn down and cast into the fire, yea, a fire which cannot be consumed, even an unquenchable fire. Behold, and remember, the Holy One hath spoken it.

And now my beloved brethren, I say unto you, can ye withstand these sayings; yea, can ye lay aside these things, and trample the Holy One under your feet; yea, can ye be puffed up in the pride of your hearts; yea, will ye still persist in the wearing of costly apparel and setting your hearts upon the vain things of the world, upon your riches?

Yea, will ye persist in supposing that ye are better one than another; yea, will ye persist in the persecution of your brethren, who humble themselves and do walk after the holy order of God, wherewith they have been brought into this church, having been sanctified by the Holy Spirit, and they do bring forth works which are meet for repentance—

Yea, and will you persist in turning your backs upon the poor, and the needy, and in withholding your substance from them?

- 56 At pangwakas, kayong lahat na magpipilit sa inyong kasamaan, sinasabi ko sa inyo, na sila yaong mga puputulin at ihahagis sa apoy maliban kung sila ay mabilis na magsisisi.
- 57 At ngayon sinasabi ko sa inyo, kayong lahat na nagnanais sumunod sa tinig ng mabuting pastol, lumabas kayo mula sa masasama, at humiwalay, at huwag hipuin ang kanilang maruruming bagay; at masdan, ang kanilang mga pangalan ay buburahin, upang ang mga pangalan ng masasama ay hindi mapabilang sa mga pangalan ng mabubuti, upang ang salita ng Diyos ay matupad, sinasabing: Ang mga pangalan ng masasama ay hindi dapat mahalo sa mga pangalan ng aking mga tao;
- 58 Sapagkat ang mga pangalan ng mabubuti ay masusulat sa aklat ng buhay, at sa kanila ay ipagkakaloob ko ang isang mana sa aking kanang kamay. At ngayon, aking mga kapatid, ano ang masasabi ninyo laban dito? Sinasabi ko sa inyo, kung kayo ay magsasalita nang laban dito, ito ay walang halaga, sapagkat ang salita ng Diyos ay tiyak na matutupad.
- 59 Sapagkat sinong pastol ang nasa inyo na may maraming tupa ngunit hindi nagbabantay sa kanila, nang ang mga lobo ay huwag makapasok at silain ang kanyang kawan? At masdan, kung ang lobo ay makapasok sa kanyang kawan hindi ba't kanya itong itataboy palabas? Oo, at sa huli, kung kanyang magagawa, ito ay papatayin niya.
- 60 At ngayon, sinasabi ko sa inyo na ang mabuting pastol ay tumatawag sa inyo; at kung kayo ay makikinig sa kanyang tinig kayo ay dadalhin niya sa kanyang kawan, at kayo ay kanyang mga tupa; at kayo ay kanyang inuutusan na walang gutom na lobo ang inyong tulutang makapasok sa inyo, upang kayo ay hindi malipol.
- 61 At ngayon, ako, si Alma, ay nag-uutos sa inyo sa wika niya na nag-utos sa akin, na inyong sundin ang mga salitang aking sinabi sa inyo.
- 62 Ako ay nagsasalita sa paraan ng pag-uutos sa inyo na kabilang sa simbahan; at doon sa mga hindi kabilang sa simbahan ako ay nagsasalita sa paraan ng paanyaya, sinasabing: Lumapit at magpabinyag tungo sa pagsisisi, upang kayo rin ay maging kabahagi sa bunga ng punungkahoy ng buhay.

And finally, all ye that will persist in your wickedness, I say unto you that these are they who shall be hewn down and cast into the fire except they speedily repent.

And now I say unto you, all you that are desirous to follow the voice of the good shepherd, come ye out from the wicked, and be ye separate, and touch not their unclean things; and behold, their names shall be blotted out, that the names of the wicked shall not be numbered among the names of the righteous, that the word of God may be fulfilled, which saith: The names of the wicked shall not be mingled with the names of my people;

For the names of the righteous shall be written in the book of life, and unto them will I grant an inheritance at my right hand. And now, my brethren, what have ye to say against this? I say unto you, if ye speak against it, it matters not, for the word of God must be fulfilled.

For what shepherd is there among you having many sheep doth not watch over them, that the wolves enter not and devour his flock? And behold, if a wolf enter his flock doth he not drive him out? Yea, and at the last, if he can, he will destroy him.

And now I say unto you that the good shepherd doth call after you; and if you will hearken unto his voice he will bring you into his fold, and ye are his sheep; and he commandeth you that ye suffer no ravenous wolf to enter among you, that ye may not be destroyed.

And now I, Alma, do command you in the language of him who hath commanded me, that ye observe to do the words which I have spoken unto you.

I speak by way of command unto you that belong to the church; and unto those who do not belong to the church I speak by way of invitation, saying: Come and be baptized unto repentance, that ye also may be partakers of the fruit of the tree of life.

## Alma 6

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, nang matapos si Alma sa pagsasalita sa mga tao ng simbahan, na itinatag sa lunsod ng Zarahemla, na nag-orden siya ng mga saserdote at elder, sa pamamagitan ng pagpapatong ng kanyang mga kamay alinsunod sa orden ng Diyos upang mamuno at magbantay sa simbahan.
- 2 At ito ay nangyari na, na sino man ang hindi kabilang sa simbahan na mga nagsisi ng kanilang mga kasalanan ay bininyagan tungo sa pagsisisi, at tinanggap sa simbahan.
- 3 At ito rin ay nangyari na, na sino man ang kabilang sa simbahan na hindi nagsisi ng kanilang kasamaan at nagpakumbaba ng kanilang sarili sa harapan ng Diyos—ibig kong sabihin ay yaong mga naiangat sa kapalaluan ng kanilang mga puso—ay siya ring tinanggihan, at ang kanilang mga pangalan ay binura, upang hindi mabilang ang kanilang mga pangalan sa mga yaong mabubuti.
- 4 At sa gayon sinimulan nilang itatag ang kaayusan ng simbahan sa lunsod ng Zarahemla.
- 5 Ngayon nais kong maunawaan ninyo na ang salita ng Diyos ay maluwa sa lahat, na walang pinagkaitan ng pribilehiyo na sama-samang tipunin ang kanilang sarili upang mapakinggan ang salita ng Diyos.
- 6 Gayon pa man, ang mga anak ng Diyos ay inutusan na dapat nilang sama-samang tipunin ang kanilang sarili nang madalas, at magkaisa sa pag-aayuno at mataimtim na panalangin alang-alang sa kapakanan ng mga yaong kaluluwa na hindi nakakikilala sa Diyos.
- 7 At ngayon ito ay nangyari na, nang magawa ni Alma ang mga alituntuning ito na kanyang nilisan sila, oo, mula sa simbahan na nasa lunsod ng Zarahemla, at nagtungo sa silangan ng ilog Sidon, patungo sa lambak ng Gedeon, kung saan may itinayong lunsod, na tinawag na lunsod ng Gedeon, na nasa lambak ng tinawag na Gedeon, tinawag alinsunod sa lalaking pinatay ng kamay ni Nehor sa pamamagitan ng espada.

## Alma 6

And now it came to pass that after Alma had made an end of speaking unto the people of the church, which was established in the city of Zarahemla, he ordained priests and elders, by laying on his hands according to the order of God, to preside and watch over the church.

And it came to pass that whosoever did not belong to the church who repented of their sins were baptized unto repentance, and were received into the church.

And it also came to pass that whosoever did belong to the church that did not repent of their wickedness and humble themselves before God—I mean those who were lifted up in the pride of their hearts—the same were rejected, and their names were blotted out, that their names were not numbered among those of the righteous.

And thus they began to establish the order of the church in the city of Zarahemla.

Now I would that ye should understand that the word of God was liberal unto all, that none were deprived of the privilege of assembling themselves together to hear the word of God.

Nevertheless the children of God were commanded that they should gather themselves together oft, and join in fasting and mighty prayer in behalf of the welfare of the souls of those who knew not God.

And now it came to pass that when Alma had made these regulations he departed from them, yea, from the church which was in the city of Zarahemla, and went over upon the east of the river Sidon, into the valley of Gideon, there having been a city built, which was called the city of Gideon, which was in the valley that was called Gideon, being called after the man who was slain by the hand of Nehor with the sword.

8 At si Alma ay humayo at nagsimulang ipahayag ang salita ng Diyos sa simbahang itinatag sa lambak ng Gedeon, alinsunod sa paghahayag ng katotohanan ng salitang sinabi ng kanyang mga ama, at alinsunod sa diwa ng propesiya na nasa kanya, alinsunod sa patotoo kay Jesucristo, ang Anak ng Diyos, na siyang paparito upang tubusin ang kanyang mga tao mula sa kanilang mga pagkakasala, at sa banal na orden kung saan siya ay tinawag. At sa gayon ito nasusulat. Amen.

And Alma went and began to declare the word of God unto the church which was established in the valley of Gideon, according to the revelation of the truth of the word which had been spoken by his fathers, and according to the spirit of prophecy which was in him, according to the testimony of Jesus Christ, the Son of God, who should come to redeem his people from their sins, and the holy order by which he was called. And thus it is written. Amen.

*Ang mga salita ni Alma na ipinabayag niya sa mga tao ng Gedeon, ayon sa kanyang sariling talaan.*

## Alma 7

- 1 Masdan mga minamahal kong kapatid, nakikitang pinahintulutan akong magtungo sa inyo, kaya nga magtatangka akong magsalita sa inyo sa aking wika; oo, sa sarili kong bibig, nakikitang ito ang unang pagkakataon na ako ay nangusap sa inyo sa pamamagitan ng mga salita ng aking bibig, ako na lubos na naukol ang panahon sa hukumang-luklukan, na may maraming gawain kung kaya't hindi ako nakatungo sa inyo.
- 2 At hindi ko sana nagawang makatungo ngayon sa panahong ito kung ang hukumang-luklukan ay hindi ibinigay sa iba, upang mamahalang kahalili ko; at ang Panginoon sa labis na awa ay nagpahintulot na makatungo ako sa inyo.
- 3 At masdan, nagtungo ako nang may malaking pag-asa at labis na pagnanais na matagpuang nagpakumbaba kayo ng inyong sarili sa harapan ng Diyos, at na patuloy kayong nagsusumamo sa kanyang biyaya, na kayo ay matagpuan kong walang kasalanan sa kanyang harapan, na kayo ay matagpuan kong wala sa kakila-kilabot na kalagayan kung saan nasadlak ang ating mga kapatid sa Zarahemla.
- 4 Subalit purihin ang pangalan ng Diyos, na ipinaalam niya sa akin, oo, ipinaalam sa akin sa labis na kagalakan na muli silang naitatag sa landas ng kanyang kabutihan.
- 5 At ako ay nananalig, alinsunod sa Espiritu ng Diyos na nasa akin, na ako ay magkakaroon din ng kagalakan sa inyo; gayon pa man, hindi ako nagnanais na ang aking kagalakan sa inyo ay madama sa labis na paghihirap at kalungkutan na siyang dinanas ko sa mga kapatid sa Zarahemla, sapagkat masdan, ang aking kagalakan ay nadama para sa kanila matapos magdanas ng labis na paghihirap at kalungkutan.

*The words of Alma which he delivered to the people in Gideon, according to his own record.*

## Alma 7

Behold my beloved brethren, seeing that I have been permitted to come unto you, therefore I attempt to address you in my language; yea, by my own mouth, seeing that it is the first time that I have spoken unto you by the words of my mouth, I having been wholly confined to the judgment-seat, having had much business that I could not come unto you.

And even I could not have come now at this time were it not that the judgment-seat hath been given to another, to reign in my stead; and the Lord in much mercy hath granted that I should come unto you.

And behold, I have come having great hopes and much desire that I should find that ye had humbled yourselves before God, and that ye had continued in the supplicating of his grace, that I should find that ye were blameless before him, that I should find that ye were not in the awful dilemma that our brethren were in at Zarahemla.

But blessed be the name of God, that he hath given me to know, yea, hath given unto me the exceedingly great joy of knowing that they are established again in the way of his righteousness.

And I trust, according to the Spirit of God which is in me, that I shall also have joy over you; nevertheless I do not desire that my joy over you should come by the cause of so much afflictions and sorrow which I have had for the brethren at Zarahemla, for behold, my joy cometh over them after wading through much affliction and sorrow.

6 Subalit masdan, ako ay nananalig na kayo ay wala sa kalagayan ng labis na kawalang-paniniwala na tulad ng inyong mga kapatid; ako ay nananalig na kayo ay hindi naiangat sa kapalaluan ng inyong mga puso; oo, ako ay nananalig na hindi ninyo inilagak ang inyong mga puso sa mga kayamanan at sa mga walang kabuluhang bagay ng sanlibutan; oo, ako ay nananalig na hindi kayo sumasamba sa mga diyus-diyusan, kundi sinasamba ninyo ang tunay at buhay na Diyos, at na kayo ay umaasa para sa kapatawaran ng inyong mga kasalanan, nang may walang hanggang pananampalataya, sa yaong darating.

7 Sapagkat masdan, sinasabi ko sa inyo na maraming bagay ang darating; at masdan, may isang bagay na higit na mahalaga kaysa sa lahat ng ito—sapagkat masdan, ang panahon ay hindi na nalalayo na ang Manunubos ay mabubuhay at paroroon sa kanyang mga tao.

8 Masdan, hindi ko sinasabi na siya ay paparito sa atin sa panahon ng kanyang pamamalagi sa kanyang katawang-lupa; sapagkat masdan, ang Espiritu ay hindi nagsabi sa akin na ganito ang mangyayari. Ngayon, ang tungkol sa bagay na ito ay hindi ko nalalaman; subalit ito lamang ang nalalaman ko, na ang Panginoong Diyos ay may kapangyarihang gawin ang lahat ng bagay alinsunod sa kanyang salita.

9 Subalit masdan, ang Espiritu ay nagsabi lamang ng ganito sa akin, sinasabing: Magpahayag sa mga taong ito, nagsasabing—Magsisi kayo, at ihanda ang daan ng Panginoon, at lumakad sa kanyang mga landas, na tuwid; sapagkat masdan, ang kaharian ng langit ay nalalapit na, at ang Anak ng Diyos ay paparito sa balat ng lupa.

10 At masdan, siya ay isisilang ni Maria, sa may Jerusalem na lupain ng ating mga ninuno, siya na isang birhen, isang mahalaga at piniling nilikha, na lililiman at maglilihi sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, at magsisilang ng isang anak na lalaki, oo, maging ang Anak ng Diyos.

11 At siya ay hahayo, magdaranas ng mga pasakit at hirap at lahat ng uri ng tukso; at ito ay upang matupad ang salita na nagsabing dadalhin niya sa kanyang sarili ang mga pasakit at ang mga sakit ng kanyang mga tao.

But behold, I trust that ye are not in a state of so much unbelief as were your brethren; I trust that ye are not lifted up in the pride of your hearts; yea, I trust that ye have not set your hearts upon riches and the vain things of the world; yea, I trust that you do not worship idols, but that ye do worship the true and the living God, and that ye look forward for the remission of your sins, with an everlasting faith, which is to come.

For behold, I say unto you there be many things to come; and behold, there is one thing which is of more importance than they all—for behold, the time is not far distant that the Redeemer liveth and cometh among his people.

Behold, I do not say that he will come among us at the time of his dwelling in his mortal tabernacle; for behold, the Spirit hath not said unto me that this should be the case. Now as to this thing I do not know; but this much I do know, that the Lord God hath power to do all things which are according to his word.

But behold, the Spirit hath said this much unto me, saying: Cry unto this people, saying—Repent ye, and prepare the way of the Lord, and walk in his paths, which are straight; for behold, the kingdom of heaven is at hand, and the Son of God cometh upon the face of the earth.

And behold, he shall be born of Mary, at Jerusalem which is the land of our forefathers, she being a virgin, a precious and chosen vessel, who shall be overshadowed and conceive by the power of the Holy Ghost, and bring forth a son, yea, even the Son of God.

And he shall go forth, suffering pains and afflictions and temptations of every kind; and this that the word might be fulfilled which saith he will take upon him the pains and the sicknesses of his people.

12 At dadalhin niya sa kanyang sarili ang kamatayan, upang makalag niya ang mga gapos ng kamatayan na gumagapos sa kanyang mga tao; at dadalhin niya ang kanilang mga kahinaan, upang ang kanyang sisidlan ay mapuspos ng awa, ayon sa laman, upang malaman niya nang ayon sa laman kung paano tutulungan ang kanyang mga tao alinsunod sa kanilang mga kahinaan.

13 Ngayon nalalaman ng Espiritu ang lahat ng bagay; gayon pa man, ang Anak ng Diyos ay magdurusa ayon sa laman upang madala niya sa kanyang sarili ang mga kasalanan ng kanyang mga tao, upang mabura niya ang kanilang mga kasalanan alinsunod sa kapangyarihan ng kanyang pagtubos; at ngayon masdan, ito ang patotoo na nasa akin.

14 Ngayon sinasabi ko sa inyo na kayo ay kinakailangang magsisi, at isilang na muli; sapagkat ang Espiritu ay nagsabi na kung kayo ay hindi isisilang na muli ay hindi ninyo maaaring manahin ang kaharian ng langit; kaya nga halina at magpabinyag tungo sa pagsisisi, upang kayo ay mahugasan mula sa inyong mga kasalanan, upang kayo ay magkaroon ng pananampalataya sa Kordero ng Diyos, na siyang mag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, na may kapangyarihang makapagligtas at maglinis sa lahat ng kasamaan.

15 Oo, sinasabi ko sa inyo, halina at huwag matakot, at isantabi ang lahat ng kasalanan, na madaling lumiligalig sa inyo, na gumagapos sa inyo sa pagkawasak, oo, halina at humayo, at patunayan sa inyong Diyos na kayo ay nakahandang magsisi ng inyong mga kasalanan at makipagtipan sa kanya na susundin ang kanyang mga kautusan, at patunayan ito sa kanya sa araw na ito sa pamamagitan ng pagtungo sa mga tubig ng pagbibinyag.

16 At sino man ang gagawa nito, at susunod sa mga kautusan ng Diyos magmula ngayon, siya rin ay makatatanda na ako ay nagsabi sa kanya, oo, matatandaan niya na ako ay nagsabi sa kanya, na siya ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan, ayon sa patotoo ng Banal na Espiritu, na nagpapatotoo sa akin.

And he will take upon him death, that he may loose the bands of death which bind his people; and he will take upon him their infirmities, that his bowels may be filled with mercy, according to the flesh, that he may know according to the flesh how to succor his people according to their infirmities.

Now the Spirit knoweth all things; nevertheless the Son of God suffereth according to the flesh that he might take upon him the sins of his people, that he might blot out their transgressions according to the power of his deliverance; and now behold, this is the testimony which is in me.

Now I say unto you that ye must repent, and be born again; for the Spirit saith if ye are not born again ye cannot inherit the kingdom of heaven; therefore come and be baptized unto repentance, that ye may be washed from your sins, that ye may have faith on the Lamb of God, who taketh away the sins of the world, who is mighty to save and to cleanse from all unrighteousness.

Yea, I say unto you come and fear not, and lay aside every sin, which easily doth beset you, which doth bind you down to destruction, yea, come and go forth, and show unto your God that ye are willing to repent of your sins and enter into a covenant with him to keep his commandments, and witness it unto him this day by going into the waters of baptism.

And whosoever doeth this, and keepeth the commandments of God from thenceforth, the same will remember that I say unto him, yea, he will remember that I have said unto him, he shall have eternal life, according to the testimony of the Holy Spirit, which testifieth in me.

17 At ngayon mga minamahal kong kapatid, kayo ba ay naniniwala sa mga bagay na ito? Masdan, sinasabi ko sa inyo, oo, nalalaman ko na kayo ay naniniwala sa mga ito; at ang paraan kung kaya't nalaman ko na kayo ay naniniwala sa mga ito ay sa pamamagitan ng pagpapahayag ng Espiritu na nasa akin. At ngayon dahil ang inyong pananampalataya ay malakas hinggil dito, oo, hinggil sa mga bagay na sinabi ko, lubos ang aking kagalakan.

18 Sapagkat tulad ng sinabi ko sa inyo mula pa sa simula, na ako ay may labis na pagnanais na kayo ay wala sa kakila-kilabot na kalagayan na tulad ng inyong mga kapatid, maging sa nalaman ko na ang aking mga naisin ay ipinagkaloob.

19 Sapagkat nahihiwatigan ko na kayo ay nasa mga landas ng kabutihan; nahihiwatigan kong kayo ay nasa landas na patungo sa kaharian ng Diyos; oo, nahiwatigan ko na ginagawa ninyong tuwid ang kanyang mga landas.

20 Nahihiwatigan ko na ito ay ipinaalam sa inyo, sa pamamagitan ng patotoo ng kanyang salita, na hindi siya makalalakad sa paliku-likong landas; ni nagbabagu-bago siya mula sa mga yaong sinabi niya; ni siya ay may anino ng pagliko mula sa kanan patungo sa kaliwa, o mula sa yaong tama tungo sa yaong mali; anupa't ang kanyang hakbangin ay isang walang hanggang pag-ikot.

21 At hindi siya nananahanan sa mga templong hindi banal; ni ang karumihan o ano mang bagay na hindi malinis ay tanggapin sa kaharian ng Diyos; kaya nga sinasabi ko sa inyo na darating ang panahon, oo, at ito ay sa huling araw, na siya na marumi ay mananatili sa kanyang karumihan.

22 At ngayon mga minamahal kong kapatid, sinabi ko sa inyo ang mga bagay na ito upang kayo ay magising ko sa pagpapahalaga ng inyong tungkulin sa Diyos, upang kayo ay makalakad nang walang kasalanan sa kanyang harapan, upang kayo ay lumakad alinsunod sa banal na orden ng Diyos, kung saan kayo ay tinanggap.

And now my beloved brethren, do you believe these things? Behold, I say unto you, yea, I know that ye believe them; and the way that I know that ye believe them is by the manifestation of the Spirit which is in me. And now because your faith is strong concerning that, yea, concerning the things which I have spoken, great is my joy.

For as I said unto you from the beginning, that I had much desire that ye were not in the state of dilemma like your brethren, even so I have found that my desires have been gratified.

For I perceive that ye are in the paths of righteousness; I perceive that ye are in the path which leads to the kingdom of God; yea, I perceive that ye are making his paths straight.

I perceive that it has been made known unto you, by the testimony of his word, that he cannot walk in crooked paths; neither doth he vary from that which he hath said; neither hath he a shadow of turning from the right to the left, or from that which is right to that which is wrong; therefore, his course is one eternal round.

And he doth not dwell in unholy temples; neither can filthiness or anything which is unclean be received into the kingdom of God; therefore I say unto you the time shall come, yea, and it shall be at the last day, that he who is filthy shall remain in his filthiness.

And now my beloved brethren, I have said these things unto you that I might awaken you to a sense of your duty to God, that ye may walk blameless before him, that ye may walk after the holy order of God, after which ye have been received.



- 23 At ngayon nais ko na kayo ay maging mapagpakumbaba, at maging masunurin at maamo; madaling pakiusapan; puspos ng tiyaga at mahabang pagtitiis; mahinahon sa lahat ng bagay; masikap na sumusunod sa mga kautusan ng Diyos sa lahat ng panahon; humihingi ng ano mang bagay na inyong kinakailangan, maging espirituwal at temporal; parating gumaganti ng pasasalamat sa Diyos para sa ano mang bagay na inyong tinatanggap.
- 24 At tiyakin na kayo ay may pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa-tao, at sa gayon kayo ay parating mananagana sa mabubuting gawa.
- 25 At nawa'y pagpalain kayo ng Panginoon, at panatilihing walang bahid-dungis ang inyong mga kasuotan, upang sa dakong huli kayo ay madala na maupong kasama sina Abraham, Isaac, at Jacob, at ng mga banal na propeta sa simula pa lamang ng daigdig, kung saan ang inyong mga kasuotan ay walang bahid-dungis maging tulad ng kanilang mga kasuotan na walang bahid-dungis, sa kaharian ng langit upang hindi na lumisan pa.
- 26 At ngayon mga minamahal kong kapatid, sinabi ko ang mga salitang ito sa inyo alinsunod sa Espiritung nagpapatotoo sa akin; at ang aking kaluluwa ay labis na nagagalak, dahil sa labis na pagsusumigasig at pakikinig na inyong ibinigay sa aking salita.
- 27 At ngayon, nawa'y mapasainyo ang kapayapaan ng Diyos, at sa inyong mga tahanan at lupain, at sa inyong mga kawan ng tupa at baka, at sa lahat ng inyong pag-aari, sa inyong kababaihan at inyong mga anak, alinsunod sa inyong pananampalataya at mabubuting gawa, simula ngayon at magpakailanman. At sa gayon ako nangusap. Amen.

And now I would that ye should be humble, and be submissive and gentle; easy to be entreated; full of patience and long-suffering; being temperate in all things; being diligent in keeping the commandments of God at all times; asking for whatsoever things ye stand in need, both spiritual and temporal; always returning thanks unto God for whatsoever things ye do receive.

And see that ye have faith, hope, and charity, and then ye will always abound in good works.

And may the Lord bless you, and keep your garments spotless, that ye may at last be brought to sit down with Abraham, Isaac, and Jacob, and the holy prophets who have been ever since the world began, having your garments spotless even as their garments are spotless, in the kingdom of heaven to go no more out.

And now my beloved brethren, I have spoken these words unto you according to the Spirit which testifieth in me; and my soul doth exceedingly rejoice, because of the exceeding diligence and heed which ye have given unto my word.

And now, may the peace of God rest upon you, and upon your houses and lands, and upon your flocks and herds, and all that you possess, your women and your children, according to your faith and good works, from this time forth and forever. And thus I have spoken. Amen.

## Alma 8

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, na si Alma ay nagbalik mula sa lupain ng Gedeon, matapos maturuan ang mga tao ng Gedeon ng maraming bagay na hindi maaaring isulat, naitatag ang kaayusan ng simbahan, alinsunod sa ginawa niya noon sa lupain ng Zarahemla, oo, siya ay nagbalik sa kanyang sariling tahanan sa Zarahemla upang ipahinga ang kanyang sarili mula sa mga gawaing isinagawa niya.
- 2 At sa gayon nagtapos ang ikasiyam na taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.
- 3 At ito ay nangyari na, na sa pagsisimula ng ikasampung taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi, si Alma ay lumisan mula roon at naglakbay patungo sa lupain ng Melek, sa kanluran ng ilog Sidon, sa kanluran sa tabi ng mga hangganan ng ilang.
- 4 At sinimulang turuan niya ang mga tao sa lupain ng Melek alinsunod sa banal na orden ng Diyos, kung saan siya ay tinawag; at sinimulang turuan niya ang mga tao sa lahat ng dako ng buong lupain ng Melek.
- 5 At ito ay nangyari na, na nagtungo sa kanya ang mga tao mula sa lahat ng hangganan ng lupain na malapit sa gilid ng ilang. At nabinyagan sila na nasa lahat ng dako ng buong lupain.
- 6 Kaya't nang matapos niya ang kanyang gawain sa Melek ay lumisan siya roon, at naglakbay ng tatlong araw na paglalakbay sa hilaga ng lupain ng Melek; at siya ay nakarating sa isang lunsod na tinatawag na Ammonihah.
- 7 Ngayon, kaugalian ng mga tao ni Nephi na tawagin ang kanilang mga lupain, at kanilang mga lunsod, at kanilang mga nayon, oo, maging ang kanilang maliliit na nayon, alinsunod sa pangalan niya na unang nagmay-ari sa mga ito; at gayon ito sa lupain ng Ammonihah.
- 8 At ito ay nangyari na, nang si Alma ay makarating sa lunsod ng Ammonihah na sinimulan niyang ipangaral ang salita ng Diyos sa kanila.
- 9 Ngayon, si Satanas ay nakakuha ng malakas na pagkakahawak sa mga puso ng mga tao ng lunsod ng Ammonihah; kung kaya't ayaw nilang makinig sa mga salita ni Alma.

## Alma 8

And now it came to pass that Alma returned from the land of Gideon, after having taught the people of Gideon many things which cannot be written, having established the order of the church, according as he had before done in the land of Zarahemla, yea, he returned to his own house at Zarahemla to rest himself from the labors which he had performed.

And thus ended the ninth year of the reign of the judges over the people of Nephi.

And it came to pass in the commencement of the tenth year of the reign of the judges over the people of Nephi, that Alma departed from thence and took his journey over into the land of Melek, on the west of the river Sidon, on the west by the borders of the wilderness.

And he began to teach the people in the land of Melek according to the holy order of God, by which he had been called; and he began to teach the people throughout all the land of Melek.

And it came to pass that the people came to him throughout all the borders of the land which was by the wilderness side. And they were baptized throughout all the land;

So that when he had finished his work at Melek he departed thence, and traveled three days' journey on the north of the land of Melek; and he came to a city which was called Ammonihah.

Now it was the custom of the people of Nephi to call their lands, and their cities, and their villages, yea, even all their small villages, after the name of him who first possessed them; and thus it was with the land of Ammonihah.

And it came to pass that when Alma had come to the city of Ammonihah he began to preach the word of God unto them.

Now Satan had gotten great hold upon the hearts of the people of the city of Ammonihah; therefore they would not hearken unto the words of Alma.

10 Gayon pa man, si Alma ay nagpagal nang labis sa espiritu, nakipagbuno sa Diyos sa mataimtim na panalangin, upang kanyang ibuhos ang kanyang Espiritu sa mga tao na nasa lunsod; upang kanyang itulot na kanyang mabinyagan sila tungo sa pagsisisi.

11 Gayon pa man, pinatigas nila ang kanilang mga puso, nagsasabi sa kanya: Masdan, nalalaman namin na ikaw si Alma; at nalalaman namin na ikaw ang mataas na saserdote sa simbahang itinatag mo sa maraming dako ng lupain, alinsunod sa iyong kinaugalian; at hindi kami kabilang sa iyong simbahan, at hindi kami naniniwala sa gayong mga hangal na kaugalian.

12 At ngayon nalalaman namin na dahil sa kami ay hindi kabilang sa iyong simbahan kaya nga alam naming wala kang kapangyarihan sa amin; at ipinaubaya mo ang hukumang-luklukan kay Nefihas; anupa't hindi ikaw ang aming punong hukom.

13 Ngayon, nang ito ay sabihin ng mga tao, at napangatwiran ang lahat ng kanyang salita, at nilait siya, at dinuraan siya, at pinapangyaring siya ay itaboy palabas ng kanilang lunsod, siya ay lumisan doon at naglakbay siya patungo sa lunsod na tinatawag na Aaron.

14 At ito ay nangyari na, na samantalang siya ay naglalakbay paroon, na nabibigatan sa kalungkutan, nagdaranas ng labis na paghihirap at pagdurusa ng kaluluwa, dahil sa kasamaan ng mga tao na nasa lunsod ng Ammonihah, ito ay nangyari na, na samantalang si Alma ay nabibigatan sa kalungkutan, masdan, isang anghel ng Panginoon ang nagpakita sa kanya, sinasabing:

15 Pinagpala ka, Alma; kaya nga, itaas mo ang iyong ulo at magsaya, sapagkat mayroon kang malaking dahilan upang magsaya; sapagkat ikaw ay naging matapat sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos mula sa panahong una mong natanggap ang iyong unang mensahe mula sa kanya. Masdan, ako ang siyang naghatid nito sa iyo.

16 At masdan, ako ay isinugo upang utusan kang bumalik sa lunsod ng Ammonihah, at muling mangaral sa mga tao ng lunsod; oo, mangaral sa kanila. Oo, sabihin sa kanila, maliban kung sila ay magsisisi ang Panginoon Diyos ay lilipulin sila.

Nevertheless Alma labored much in the spirit, wrestling with God in mighty prayer, that he would pour out his Spirit upon the people who were in the city; that he would also grant that he might baptize them unto repentance.

Nevertheless, they hardened their hearts, saying unto him: Behold, we know that thou art Alma; and we know that thou art high priest over the church which thou hast established in many parts of the land, according to your tradition; and we are not of thy church, and we do not believe in such foolish traditions.

And now we know that because we are not of thy church we know that thou hast no power over us; and thou hast delivered up the judgment-seat unto Nephiah; therefore thou art not the chief judge over us.

Now when the people had said this, and withstood all his words, and reviled him, and spit upon him, and caused that he should be cast out of their city, he departed thence and took his journey towards the city which was called Aaron.

And it came to pass that while he was journeying thither, being weighed down with sorrow, wading through much tribulation and anguish of soul, because of the wickedness of the people who were in the city of Ammonihah, it came to pass while Alma was thus weighed down with sorrow, behold an angel of the Lord appeared unto him, saying:

Blessed art thou, Alma; therefore, lift up thy head and rejoice, for thou hast great cause to rejoice; for thou hast been faithful in keeping the commandments of God from the time which thou receivedst thy first message from him. Behold, I am he that delivered it unto you.

And behold, I am sent to command thee that thou return to the city of Ammonihah, and preach again unto the people of the city; yea, preach unto them. Yea, say unto them, except they repent the Lord God will destroy them.

- 17 Sapagkat masdan, sila ay nagbabalak sa panahong ito upang mawasak nila ang kalayaan ng iyong mga tao, (sapagkat gayon ang wika ng Panginoon) na salungat sa mga batas, at kahatulan, at kautusang ibinigay niya sa kanyang mga tao.
- 18 Ngayon ito ay nangyari na, na matapos matanggap ni Alma ang kanyang mensahe mula sa anghel ng Panginoon ay mabilis siyang bumalik sa lupain ng Ammonihah. At pinasok niya ang lunsod sa ibang daan, oo, sa daan na nasa timog ng lunsod ng Ammonihah.
- 19 At nang pasukin niya ang lunsod siya ay nagugutom, at sinabi niya sa isang lalaki: Maaari ka bang magbigay sa isang hamak na tagapaglingkod ng Diyos ng kahit anong makakain?
- 20 At ang lalaki ay nagsabi sa kanya: Ako ay isang Nephita, at nalalaman kong isa kang banal na propeta ng Diyos, sapagkat ikaw ang lalaking sinabi ng anghel sa isang pangitain: Tanggapin mo. Kaya nga, sumama sa akin sa aking tahanan, at ibabahagi ko sa iyo ang aking pagkain; at nalalaman kong ikaw ay magiging pagpapala sa akin at sa aking sambahayan.
- 21 At ito ay nangyari na, na siya ay tinanggap ng lalaki sa kanyang tahanan; at ang lalaki ay tinatawag na Amulek; at kanyang inilabas ang tinapay at karne at inihain sa harapan ni Alma.
- 22 At ito ay nangyari na, na si Alma ay kumain ng tinapay at nabusog; at kanyang binasbasan si Amulek at ang kanyang sambahayan, at nagbigay-pasalamat siya sa Diyos.
- 23 At matapos niyang kumain at mabusog ay sinabi niya kay Amulek: Ako si Alma, at ako ang mataas na saserdote ng simbahan ng Diyos sa buong lupain.
- 24 At masdan, ako ay tinawag upang ipangaral ang salita ng Diyos sa lahat ng taong ito, alinsunod sa diwa ng paghahayag at propesiya; at ako ay nasa lupaing ito, at tumanggi silang tanggapin ako, sa halip ako ay itinaboy nila at ako ay handa na sanang tumalikod sa lupaing ito magpakailanman.
- 25 Subalit masdan, ako ay inutusan na ako ay nararapat na muling bumalik at magpropesiya sa mga taong ito, oo, at magpatotoo laban sa kanila hinggil sa kanilang mga kasamaan.

For behold, they do study at this time that they may destroy the liberty of thy people, (for thus saith the Lord) which is contrary to the statutes, and judgments, and commandments which he has given unto his people.

Now it came to pass that after Alma had received his message from the angel of the Lord he returned speedily to the land of Ammonihah. And he entered the city by another way, yea, by the way which is on the south of the city of Ammonihah.

And as he entered the city he was an hungered, and he said to a man: Will ye give to an humble servant of God something to eat?

And the man said unto him: I am a Nephite, and I know that thou art a holy prophet of God, for thou art the man whom an angel said in a vision: Thou shalt receive. Therefore, go with me into my house and I will impart unto thee of my food; and I know that thou wilt be a blessing unto me and my house.

And it came to pass that the man received him into his house; and the man was called Amulek; and he brought forth bread and meat and set before Alma.

And it came to pass that Alma ate bread and was filled; and he blessed Amulek and his house, and he gave thanks unto God.

And after he had eaten and was filled he said unto Amulek: I am Alma, and am the high priest over the church of God throughout the land.

And behold, I have been called to preach the word of God among all this people, according to the spirit of revelation and prophecy; and I was in this land and they would not receive me, but they cast me out and I was about to set my back towards this land forever.

But behold, I have been commanded that I should turn again and prophesy unto this people, yea, and to testify against them concerning their iniquities.

- 26 At ngayon, Amulek, dahil sa ako'y pinakain at tinanggap ako, ikaw ay pinagpala; sapagkat ako ay nagugutom, sapagkat nag-ayuno ako ng maraming araw.
- 27 At si Alma ay namalagi ng maraming araw kina Amulek bago siya nagsimulang mangaral sa mga tao.
- 28 At ito ay nangyari na, na ang mga tao ay naging higit na nalulong sa kanilang mga kasamaan.
- 29 At ang salita ay dumating kay Alma, sinasabing: Humayo; at sinasabi rin sa aking tagapaglingkod na si Amulek, humayo at magpropesiya sa mga taong ito, sinasabing—Magsisi kayo, sapagkat ganito ang wika ng Panginoon, maliban kung magsisisi kayo ay parurusahan ko ang mga taong ito sa aking galit; oo, at hindi ko iwawaksi ang aking masidhing galit.
- 30 At humayo si Alma, at gayon din si Amulek, sa mga tao, upang ipahayag ang mga salita ng Diyos sa kanila; at napuspos sila ng Espiritu Santo.
- 31 At may kapangyarihang ipinagkaloob sa kanila, kung kaya nga't hindi sila maaaring ikulong sa mga bartolina; ni ang maaari silang mapatay ng sino mang tao; gayon pa man hindi nila ginamit ang kanilang kapangyarihan hanggang sa sila ay igapos ng mga panali at itapon sa bilangguan. Ngayon, ito ay naganap upang maipakita ng Panginoon ang kanyang kapangyarihan sa kanila.
- 32 At ito ay nangyari na, na sila ay humayo at nagsimulang mangaral at magpropesiya sa mga tao, alinsunod sa espiritu at kapangyarihang ipinagkaloob sa kanila ng Panginoon.

And now, Amulek, because thou hast fed me and taken me in, thou art blessed; for I was an hungered, for I had fasted many days.

And Alma tarried many days with Amulek before he began to preach unto the people.

And it came to pass that the people did wax more gross in their iniquities.

And the word came to Alma, saying: Go; and also say unto my servant Amulek, go forth and prophesy unto this people, saying—Repent ye, for thus saith the Lord, except ye repent I will visit this people in mine anger; yea, and I will not turn my fierce anger away.

And Alma went forth, and also Amulek, among the people, to declare the words of God unto them; and they were filled with the Holy Ghost.

And they had power given unto them, insomuch that they could not be confined in dungeons; neither was it possible that any man could slay them; nevertheless they did not exercise their power until they were bound in bands and cast into prison. Now, this was done that the Lord might show forth his power in them.

And it came to pass that they went forth and began to preach and to prophesy unto the people, according to the spirit and power which the Lord had given them.

*Ang mga salita ni Alma, at ang mga salita rin ni Amulek, na ipinabayag sa mga tao na nasa lupain ng Ammonibas. At sila rin ay itinapon sa bilangguan, at nakalaya sa pamamagitan ng mapagbimalang kapangyarihan ng Diyos na nasa kanila, ayon sa talaan ni Alma.*

## Alma 9

- 1 At muli, ako, si Alma, na napag-utusan ng Diyos na dapat kong isama si Amulek at humayo at muling mangaral sa mga taong ito, o ang mga tao na nasa lunsod ng Ammonihah, ito ay nangyari na, nang magsimula akong mangaral sa kanila, sila ay nagsimulang makipagtalo sa akin, sinasabing:
- 2 Sino ka? Inaakala mo bang kami ay maniniwala sa patotoo ng isang tao, bagaman siya ay mangaral sa amin na ang mundo ay lilipas?
- 3 Ngayon hindi nila nauunawaan ang mga salitang sinabi nila; sapagkat hindi nila nalalaman na ang mundo'y lilipas.
- 4 At sinabi rin nila: Hindi kami maniniwala sa iyong mga salita kung ipopropesiya mong mawawasak ang dakilang lunsod na ito sa isang araw.
- 5 Ngayon hindi nila nalalaman na ang Diyos ay makagagawa ng gayong mga kagila-gilalas na gawa, sapagkat sila ay mga taong matitigas ang puso at matitigas ang leeg.
- 6 At sinabi nila: Sino ang Diyos, na nagsugo ng may karapatan na hindi hihigit kaysa sa isang tao sa mga taong ito, upang ipahayag sa kanila ang katotohanan ng gayong kadakila at mga kagila-gilalas na bagay?
- 7 At nagsilapit sila upang ako ay pagbuhatan ng kanilang mga kamay; subalit masdan, hindi nila nagawa. At tumindig ako nang buong katapangan upang magpahayag sa kanila, oo, buong tapang akong nagpatotoo sa kanila, sinasabing:
- 8 Masdan, O kayong masasama at balakyot na salinlahi, paanong nakalimutan ninyo ang kaugalian ng inyong mga ama; oo, kaydaling nalimutan ninyo ang mga kautusan ng Diyos.
- 9 Hindi ba ninyo natatandaan na ang ating ama, si Lehi, ay dinalang palabas ng Jerusalem ng kamay ng Diyos? Hindi ba ninyo natatandaan na kanyang inakay silang lahat sa ilang?

*The words of Alma, and also the words of Amulek, which were declared unto the people who were in the land of Ammonihah. And also they are cast into prison, and delivered by the miraculous power of God which was in them, according to the record of Alma.*

## Alma 9

And again, I, Alma, having been commanded of God that I should take Amulek and go forth and preach again unto this people, or the people who were in the city of Ammonihah, it came to pass as I began to preach unto them, they began to contend with me, saying:

Who art thou? Suppose ye that we shall believe the testimony of one man, although he should preach unto us that the earth should pass away?

Now they understood not the words which they spake; for they knew not that the earth should pass away.

And they said also: We will not believe thy words if thou shouldst prophesy that this great city should be destroyed in one day.

Now they knew not that God could do such marvelous works, for they were a hard-hearted and a stiffnecked people.

And they said: Who is God, that sendeth no more authority than one man among this people, to declare unto them the truth of such great and marvelous things?

And they stood forth to lay their hands on me; but behold, they did not. And I stood with boldness to declare unto them, yea, I did boldly testify unto them, saying:

Behold, O ye wicked and perverse generation, how have ye forgotten the tradition of your fathers; yea, how soon ye have forgotten the commandments of God.

Do ye not remember that our father, Lehi, was brought out of Jerusalem by the hand of God? Do ye not remember that they were all led by him through the wilderness?

10 At kaydali na ba ninyong nakalimutan kung gaano karaming ulit niyang iniligtas ang ating mga ama mula sa mga kamay ng kanilang mga kaaway, at pinangalagaan sila mula sa pagkalipol, maging sa mga kamay ng kanilang sariling mga kapatid?

11 Oo, at kung hindi dahil sa kanyang walang kapantay na kapangyarihan, at sa kanyang awa, at sa kanyang mahabang pagtitiis sa atin, tayo ay hindi na dapat nakaiwas pa na malipol sa balat ng lupa noon pa mang bago sumapit ang panahong ito, at marahil ay naitalaga na sa kalagayan ng walang hanggang kalungkutan at kapighatian.

12 Masdan, ngayon sinasabi ko sa inyo na kayo ay inuutusan niyang magsisi; at maliban kung kayo ay magsisi hindi ninyo maaaring manahin sa anumang paraan ang kaharian ng Diyos. Subalit masdan, hindi lamang ito—kanyang inutusan kayong magsisi, o lubusan niya kayong lilipulin sa balat ng lupa; oo, kanyang parurusahan kayo sa kanyang galit, at sa kanyang masidhing galit siya ay hindi tatalikod.

13 Masdan, hindi ba ninyo natatandaan ang mga salitang kanyang winika kay Lehi, sinasabi na: Habang inyong sinusunod ang aking mga kautusan kayo ay uunlad sa lupain? At muli sinabi na: Habang hindi ninyo sinusunod ang aking mga kautusan kayo ay mahihwalay mula sa harapan ng Panginoon.

14 Ngayon nais kong inyong tandaan na habang ang mga Lamanita ay hindi sumusunod sa mga kautusan ng Diyos, sila ay inihiwalay mula sa harapan ng Panginoon. Ngayon ating nakikita na ang salita ng Panginoon sa bagay na ito ay napatunayan na, at ang mga Lamanita ay inihiwalay mula sa kanyang harapan, mula pa sa simula ng kanilang pagkakasala sa lupain.

15 Gayon pa man sinasabi ko sa inyo, na higit na mababata nila ang araw ng paghuhukom kaysa sa inyo, kung kayo ay mananatili sa inyong mga kasalanan, oo, at maging higit na mababata nila ang buhay na ito kaysa sa inyo, maliban kung kayo ay magsisi.

And have ye forgotten so soon how many times he delivered our fathers out of the hands of their enemies, and preserved them from being destroyed, even by the hands of their own brethren?

Yea, and if it had not been for his matchless power, and his mercy, and his long-suffering towards us, we should unavoidably have been cut off from the face of the earth long before this period of time, and perhaps been consigned to a state of endless misery and woe.

Behold, now I say unto you that he commandeth you to repent; and except ye repent, ye can in nowise inherit the kingdom of God. But behold, this is not all—he has commanded you to repent, or he will utterly destroy you from off the face of the earth; yea, he will visit you in his anger, and in his fierce anger he will not turn away.

Behold, do ye not remember the words which he spake unto Lehi, saying that: Inasmuch as ye shall keep my commandments, ye shall prosper in the land? And again it is said that: Inasmuch as ye will not keep my commandments ye shall be cut off from the presence of the Lord.

Now I would that ye should remember, that inasmuch as the Lamanites have not kept the commandments of God, they have been cut off from the presence of the Lord. Now we see that the word of the Lord has been verified in this thing, and the Lamanites have been cut off from his presence, from the beginning of their transgressions in the land.

Nevertheless I say unto you, that it shall be more tolerable for them in the day of judgment than for you, if ye remain in your sins, yea, and even more tolerable for them in this life than for you, except ye repent.

- 16 Sapagkat maraming pangako ang nakalaan sa mga Lamanita; sapagkat ang mga kaugalian ng kanilang mga ama ang dahilan ng kanilang pananatili sa kanilang mangmang na kalagayan; kaya nga, ang Panginoon ay magiging maawain sa kanila at pahahabain ang kanilang buhay sa lupain.
- 17 At balang araw sila ay madadalang maniwala sa kanyang salita, at malalaman ang kamalian ng mga kaugalian ng kanilang mga ama; at marami sa kanila ang maliligtas, sapagkat ang Panginoon ay magiging maawain sa lahat ng mananawagan sa kanyang pangalan.
- 18 Subalit masdan, sinasabi ko sa inyo na kung kayo ay magpupumilit sa inyong mga kasamaan na ang inyong mga araw ay hindi pahahabain sa lupain, sapagkat ang mga Lamanita ay isusugo sa inyo; at kung kayo ay hindi magsisisi sila ay darating sa isang panahong hindi ninyo nalalaman, at kayo ay dadalawin ng ganap na pagkalipol; at ito ay alinsunod sa masidhing galit ng Panginoon.
- 19 Sapagkat hindi niya kayo pahihintulatang mamuhay sa inyong mga kasamaan, upang lipulin ang kanyang mga tao. Sinasabi ko sa inyo, Hindi; kanyang mamarapating tulutan ang mga Lamanita na lipulin ang lahat ng kanyang mga tao na tinatawag na mga tao ni Nephi, kung mangyayaring sila ay mahuhulog sa mga kasalanan at paglabag, matapos makatanggap ng labis na liwanag at maraming kaalaman na ipinagkaloob sa kanila ng Panginoon nilang Diyos;
- 20 Oo, matapos na maging isang labis na mga pinagpalang tao ng Panginoon; oo, matapos na itaguyod nang higit sa lahat ng bansa, lahi, wika, o tao; matapos na ang lahat ng bagay ay ipaalam sa kanila, alinsunod sa kanilang mga naisin, at kanilang pananampalataya, at mga panalangin, niyaong nakalipas, at ngayon, at darating pa;
- 21 Dinalaw ng Espiritu ng Diyos; nakipag-usap sa mga anghel, at kinausap ng tinig ng Panginoon; at taglay ang diwa ng propesiya, at ang diwa ng paghahayag, at marami pang kaloob, ang kaloob na pagsasalita ng mga wika, at ang kaloob na pangangaral, at ang kaloob na Espiritu Santo, at ang kaloob na pagsasalina;

For there are many promises which are extended to the Lamanites; for it is because of the traditions of their fathers that caused them to remain in their state of ignorance; therefore the Lord will be merciful unto them and prolong their existence in the land.

And at some period of time they will be brought to believe in his word, and to know of the incorrectness of the traditions of their fathers; and many of them will be saved, for the Lord will be merciful unto all who call on his name.

But behold, I say unto you that if ye persist in your wickedness that your days shall not be prolonged in the land, for the Lamanites shall be sent upon you; and if ye repent not they shall come in a time when you know not, and ye shall be visited with utter destruction; and it shall be according to the fierce anger of the Lord.

For he will not suffer you that ye shall live in your iniquities, to destroy his people. I say unto you, Nay; he would rather suffer that the Lamanites might destroy all his people who are called the people of Nephi, if it were possible that they could fall into sins and transgressions, after having had so much light and so much knowledge given unto them of the Lord their God;

Yea, after having been such a highly favored people of the Lord; yea, after having been favored above every other nation, kindred, tongue, or people; after having had all things made known unto them, according to their desires, and their faith, and prayers, of that which has been, and which is, and which is to come;

Having been visited by the Spirit of God; having conversed with angels, and having been spoken unto by the voice of the Lord; and having the spirit of prophecy, and the spirit of revelation, and also many gifts, the gift of speaking with tongues, and the gift of preaching, and the gift of the Holy Ghost, and the gift of translation;



- 22 Oo, at matapos na iligtas ng Diyos palabas ng lupain ng Jerusalem, ng kamay ng Panginoon; iniligtas mula sa taggutom, at mula sa karamdaman, at lahat ng uri ng sakit nang bawat uri; at sila ay naging malakas sa pakikidigma, upang sila ay hindi malipol; pinalaya mula sa pagkaalipin sa pananahon, at inaruga at inalagaan hanggang sa ngayon; at sila ay umunlad hanggang sa sila ay yumaman sa lahat ng uri ng mga bagay—
- 23 At ngayon masdan, sinasabi ko sa inyo, na kung ang mga taong ito, na nakatanggap ng napakaraming pagpapala mula sa kamay ng Panginoon, ay magkakasala salungat sa liwanag at kaalamang kanilang taglay, sinasabi ko sa inyo na kung ito ang mangyayari, na kung sila ay mahuhulog sa paglabag, higit na makapagbabata ang mga Lamanita kaysa sa kanila.
- 24 Sapagkat masdan, ang mga pangako ng Panginoon ay nakalaan sa mga Lamanita, subalit hindi sa inyo kung kayo ay magkakasala; sapagkat hindi ba't ang Panginoon ay malinaw na nangako at matatag na nagpasiya, na kung kayo ay maghihimagsik laban sa kanya na kayo ay ganap na lilipulin mula sa balat ng lupa?
- 25 At ngayon dahil sa kadahilanang ito, upang kayo ay hindi malipol, ang Panginoon ay nagsugo ng kanyang anghel upang dalawin ang marami sa kanyang mga tao, nagpapahayag sa kanila na sila ay kinakailangang humayo at masigasig na mangaral sa mga taong ito, sinasabing: Magsisi kayo, sapagkat ang kaharian ng langit ay nalalapit na;
- 26 At hindi na maraming araw mula ngayon na ang Anak ng Diyos ay paparito sa kanyang kaluwalhatian; at ang kanyang kaluwalhatian ay kaluwalhatian ng Bugtong na Anak ng Ama, puspos ng biyaya, katarungan, at katotohanan, puspos ng tiyaga, awa, at mahabang pagtitiis, mabilis na dinidinig ang mga pagsusumamo ng kanyang mga tao at tinutugon ang kanilang mga panalangin.
- 27 At masdan, siya ay paparito upang tubusin ang yaong mga mabibinyagan tungo sa pagsisisi, sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanyang pangalan.

Yea, and after having been delivered of God out of the land of Jerusalem, by the hand of the Lord; having been saved from famine, and from sickness, and all manner of diseases of every kind; and they having waxed strong in battle, that they might not be destroyed; having been brought out of bondage time after time, and having been kept and preserved until now; and they have been prospered until they are rich in all manner of things—

And now behold I say unto you, that if this people, who have received so many blessings from the hand of the Lord, should transgress contrary to the light and knowledge which they do have, I say unto you that if this be the case, that if they should fall into transgression, it would be far more tolerable for the Lamanites than for them.

For behold, the promises of the Lord are extended to the Lamanites, but they are not unto you if ye transgress; for has not the Lord expressly promised and firmly decreed, that if ye will rebel against him that ye shall utterly be destroyed from off the face of the earth?

And now for this cause, that ye may not be destroyed, the Lord has sent his angel to visit many of his people, declaring unto them that they must go forth and cry mightily unto this people, saying: Repent ye, for the kingdom of heaven is nigh at hand;

And not many days hence the Son of God shall come in his glory; and his glory shall be the glory of the Only Begotten of the Father, full of grace, equity, and truth, full of patience, mercy, and long-suffering, quick to hear the cries of his people and to answer their prayers.

And behold, he cometh to redeem those who will be baptized unto repentance, through faith on his name.

28 Kaya nga, ihanda ninyo ang daan ng Panginoon, sapagkat ang panahon ay nalalapit na, na aanihin ng lahat ng tao ang gantimpala ng kanilang mga gawa, alinsunod sa yaong kanilang naisagawa—kung sila ay naging mabubuti sila ay mag-aani ng kaligtasan sa kanilang mga kaluluwa, alinsunod sa kapangyarihan at pagtubos ni Jesucristo; at kung sila ay naging masasama sila ay mag-aani ng sumpa sa kanilang mga kaluluwa, alinsunod sa kapangyarihan at pagkabihag ng diyablo.

29 Ngayon masdan, ito ang tinig ng anghel, na nananawagan sa mga tao.

30 At ngayon, mga minamahal kong kapatid, sapagkat kayo ay aking mga kapatid, at kayo ay nararapat na mahalín, at kayo ay nararapat na gumawa ng mga gawang karapat-dapat sa pagsisisi, nakikita na ang inyong mga puso ay labis na naging matitigas laban sa salita ng Diyos, at nakikita na kayo ay isang nangaligaw at mga na hulog na tao.

31 Ngayon ito ay nangyari na, nang ako, si Alma, ay nangusap ng mga salitang ito, masdan, ang mga tao ay napoot sa akin sapagkat sinabi ko sa kanila na sila ay mga taong matitigas ang puso at matitigas ang leeg.

32 At gayon din sapagkat sinabi ko sa kanila na sila ay nangaligaw at mga na hulog na tao sila ay nagalit sa akin, at naghanged na pagbuhatan ako ng kanilang mga kamay, upang kanilang maitapon ako sa bilangguan.

33 Subalit ito ay nangyari na, na sila ay hindi pinahintulutan ng Panginoon na madakip ako sa panahong yaon at maitapon ako sa bilangguan.

34 At ito ay nangyari na, na si Amulek ay humayo at tumindig, at nagsimulang mangaral din sa kanila. At ngayon, ang mga salita ni Amulek ay hindi nasusulat na lahat, gayon pa man isang bahagi ng kanyang mga salita ay nasusulat sa aklat na ito.

Therefore, prepare ye the way of the Lord, for the time is at hand that all men shall reap a reward of their works, according to that which they have been—if they have been righteous they shall reap the salvation of their souls, according to the power and deliverance of Jesus Christ; and if they have been evil they shall reap the damnation of their souls, according to the power and captivity of the devil.

Now behold, this is the voice of the angel, crying unto the people.

And now, my beloved brethren, for ye are my brethren, and ye ought to be beloved, and ye ought to bring forth works which are meet for repentance, seeing that your hearts have been grossly hardened against the word of God, and seeing that ye are a lost and a fallen people.

Now it came to pass that when I, Alma, had spoken these words, behold, the people were wroth with me because I said unto them that they were a hard-hearted and a stiffnecked people.

And also because I said unto them that they were a lost and a fallen people they were angry with me, and sought to lay their hands upon me, that they might cast me into prison.

But it came to pass that the Lord did not suffer them that they should take me at that time and cast me into prison.

And it came to pass that Amulek went and stood forth, and began to preach unto them also. And now the words of Amulek are not all written, nevertheless a part of his words are written in this book.

## Alma 10

- 1 Ngayon ito ang mga salitang ipinangaral ni Amulek sa mga tao na nasa lupain ng Ammonihah, sinasabing:
- 2 Ako si Amulek; ako ay anak ni Gidonah na anak ni Ismael, na inapo ni Aminadi; at ito ay yaon ding Aminadi na nagpaliwanag sa mga sulat na nasa dingding ng templo, na isinulat ng daliri ng Diyos.
- 3 At si Aminadi ay inapo ni Nephi, na anak ni Lehi, na nagmula sa lupain ng Jerusalem, na inapo ni Manases, na anak ni Jose na ipinagbili sa Egipto ng mga kamay ng kanyang mga kapatid.
- 4 At masdan, ako rin ay isang lalaking kilala ang pangalan sa lahat ng yaong nakakikilala sa akin; oo, at masdan, ako ay maraming kaanak at mga kaibigan, at ako rin ay nagkamit ng maraming kayamanan sa pamamagitan ng kamay ng aking kasipagan.
- 5 Gayon pa man, sa kabila ng lahat ng ito, kailanman ay hindi ko nalaman ang marami sa mga pamamaraan ng Panginoon, at ang kanyang mga hiwaga at kagila-gilalas na kapangyarihan. Nasabi kong kailanman ay di ko nalaman ang marami sa mga bagay na ito; subalit masdan, ako ay nagkamali, dahil sa nakita ko ang marami sa kanyang mga hiwaga at ang kanyang kagila-gilalas na kapangyarihan; oo, maging sa pangangalaga sa buhay ng mga taong ito.
- 6 Gayon pa man, tinigasan ko ang aking puso, sapagkat ako ay tinawag nang maraming ulit at ako ay tumangging makinig; kaya nga nalalaman ko ang hinggil sa mga bagay na ito, gayon pa man, ako ay hindi makaaalam; anupa't ako ay nagpatuloy sa paghihimagsik laban sa Diyos sa kasamaan ng aking puso, maging hanggang sa ikaapat na araw ng ikapitong buwan na ito, na nasa ikasampung taon ng panunungkulan ng mga hukom.

## Alma 10

Now these are the words which Amulek preached unto the people who were in the land of Ammonihah, saying:

I am Amulek; I am the son of Giddonah, who was the son of Ishmael, who was a descendant of Aminadi; and it was that same Aminadi who interpreted the writing which was upon the wall of the temple, which was written by the finger of God.

And Aminadi was a descendant of Nephi, who was the son of Lehi, who came out of the land of Jerusalem, who was a descendant of Manasseh, who was the son of Joseph who was sold into Egypt by the hands of his brethren.

And behold, I am also a man of no small reputation among all those who know me; yea, and behold, I have many kindreds and friends, and I have also acquired much riches by the hand of my industry.

Nevertheless, after all this, I never have known much of the ways of the Lord, and his mysteries and marvelous power. I said I never had known much of these things; but behold, I mistake, for I have seen much of his mysteries and his marvelous power; yea, even in the preservation of the lives of this people.

Nevertheless, I did harden my heart, for I was called many times and I would not hear; therefore I knew concerning these things, yet I would not know; therefore I went on rebelling against God, in the wickedness of my heart, even until the fourth day of this seventh month, which is in the tenth year of the reign of the judges.

- 7 Habang ako ay naglalakbay upang dalawin ang isang malapit na kaanak, masdan, isang anghel ng Panginoon ang nagpakita sa akin at nagsabi: Amulek, magbalik sa iyong sariling tahanan, sapagkat iyong pakakainin ang isang propeta ng Panginoon; oo, isang banal na tao, piniling tao ng Diyos; sapagkat siya ay nag-ayuno ng maraming araw dahil sa mga kasalanan ng mga taong ito, at siya ay nagugutom, at tatanggapin mo siya sa iyong tahanan at pakakainin siya, at babasbasan ka niya at ang iyong sambahayan; at ang pagpapala ng Panginoon ay mapapasaiyo at sa iyong sambahayan.
- 8 At ito ay nangyari na, na sinunod ko ang tinig ng anghel, at nagbalik patungo sa aking tahanan. At habang ako ay paparoon natagpuan ko ang lalaki na siyang sinabi ng anghel sa akin: Tatanggapin mo sa iyong tahanan—at masdan siya rin ang lalaking ito na nangungusap sa inyo hinggil sa mga bagay ng Diyos.
- 9 At ang anghel ay nagsabi sa akin na siya ay isang banal na tao; sa gayon nalalaman ko na siya ay isang banal na tao sapagkat ito ay sinabi ng isang anghel ng Diyos.
- 10 At muli, nalalaman ko na ang mga bagay na pinatotohanan niya ay totoo; sapagkat masdan sinasabi ko sa inyo, na yamang buhay ang Panginoon, gayon pa man isinugo niya ang kanyang anghel upang ang mga bagay na ito ay ipaalam sa akin; at ito ay ginawa niya samantalang itong si Alma ay namalagi sa aking tahanan.
- 11 Sapagkat masdan, binasbasan niya ang aking sambahayan, kanyang binasbasan ako, at ang aking kababaihan, at ang aking mga anak, at ang aking ama at aking mga kaanak; oo, maging ang lahat ng aking angkan ay binasbasan niya, at ang pagpapala ng Panginoon ay napasaamin alinsunod sa mga salitang sinabi niya.
- 12 At ngayon, nang sabihin ni Amulek ang mga salitang ito, ang mga tao ay nagsimulang manggilalas, nakikitang may higit pa kaysa sa isang saksi na nagpatotoo sa mga bagay ng yaong sa kanila ay ipinararatang, at gayon din sa mga bagay na darating, alinsunod sa diwa ng propesiya na nasa kanila.

As I was journeying to see a very near kindred, behold an angel of the Lord appeared unto me and said: Amulek, return to thine own house, for thou shalt feed a prophet of the Lord; yea, a holy man, who is a chosen man of God; for he has fasted many days because of the sins of this people, and he is an hungered, and thou shalt receive him into thy house and feed him, and he shall bless thee and thy house; and the blessing of the Lord shall rest upon thee and thy house.

And it came to pass that I obeyed the voice of the angel, and returned towards my house. And as I was going thither I found the man whom the angel said unto me: Thou shalt receive into thy house—and behold it was this same man who has been speaking unto you concerning the things of God.

And the angel said unto me he is a holy man; wherefore I know he is a holy man because it was said by an angel of God.

And again, I know that the things whereof he hath testified are true; for behold I say unto you, that as the Lord liveth, even so has he sent his angel to make these things manifest unto me; and this he has done while this Alma hath dwelt at my house.

For behold, he hath blessed mine house, he hath blessed me, and my women, and my children, and my father and my kinsfolk; yea, even all my kindred hath he blessed, and the blessing of the Lord hath rested upon us according to the words which he spake.

And now, when Amulek had spoken these words the people began to be astonished, seeing there was more than one witness who testified of the things whereof they were accused, and also of the things which were to come, according to the spirit of prophecy which was in them.

- 13 Gayon pa man, may ilan sa kanila ang nagbalak na tanungin sila, na sa pamamagitan ng kanilang mga tusong pamamaraan ay baka sakaling kanilang mahuli sila sa kanilang mga salita, upang sila ay makakuha ng patunay laban sa kanila, nang kanilang madala sila sa kanilang mga hukom upang sila ay mahatulan alinsunod sa batas, at upang sila ay mapatay o maitapon sa bilangguan, alinsunod sa mabigat na kasalanang magagawa nilang maipakita o mapatunayan laban sa kanila.
- 14 Ngayon, ito yaong mga taong naghahangad na lipulin sila, yaong mga manananggol, na mga inupahan o hinirang ng mga tao na magpatupad ng batas sa panahon ng kanilang mga paglilitis, o sa mga paglilitis ng mabibigat na kasalanan ng mga tao sa harapan ng mga hukom.
- 15 Ngayon, ang mga manananggol na ito ay marunong sa lahat ng pamamaraan at katusuhan ng mga tao; at ito ay upang matulungan sila na maging bihasa sa kanilang tungkulin.
- 16 At ito ay nangyari na, na sinimulan nilang tanungin si Amulek, upang magawa nilang lituhin siya sa kanyang mga salita, o salungatin ang mga salitang sasabihin niya.
- 17 Ngayon hindi nila nalalaman na maaaring malaman ni Amulek ang kanilang mga balak. Subalit ito ay nangyari na, nang simulan nilang tanungin siya, na nahiwatigan niya ang kanilang mga iniisip, at sinabi niya sa kanila: O kayong masasama at balakyot na salinlahi, kayong mga manananggol at mapagkunwari, sapagkat inyong inilalatag ang mga saligan ng diyablo; sapagkat kayo ay naglalagay ng mga silo at patibong upang hulihin ang mga banal ng Diyos.
- 18 Kayo ay nagpaplano ng mga balak upang iligaw ang mga pamamaraan ng mabubuti, at upang ibaba ang poot ng Diyos sa kanilang mga ulo, maging hanggang sa lubusang pagkalipol ng mga taong ito.

Nevertheless, there were some among them who thought to question them, that by their cunning devices they might catch them in their words, that they might find witness against them, that they might deliver them to their judges that they might be judged according to the law, and that they might be slain or cast into prison, according to the crime which they could make appear or witness against them.

Now it was those men who sought to destroy them, who were lawyers, who were hired or appointed by the people to administer the law at their times of trials, or at the trials of the crimes of the people before the judges.

Now these lawyers were learned in all the arts and cunning of the people; and this was to enable them that they might be skilful in their profession.

And it came to pass that they began to question Amulek, that thereby they might make him cross his words, or contradict the words which he should speak.

Now they knew not that Amulek could know of their designs. But it came to pass as they began to question him, he perceived their thoughts, and he said unto them: O ye wicked and perverse generation, ye lawyers and hypocrites, for ye are laying the foundations of the devil; for ye are laying traps and snares to catch the holy ones of God.

Ye are laying plans to pervert the ways of the righteous, and to bring down the wrath of God upon your heads, even to the utter destruction of this people.

- 19 Oo, tama ang sinabi ni Mosias, na ating huling hari, nang handa na niyang ibigay ang kaharian, dahil sa wala ni isa mang paggagawaran nito, ay pinapangyaring pamahalaan ang mga taong ito ng kanilang sariling mga tinig—oo, tama ang kanyang sinabi na kung darating ang panahon na ang tinig ng mga taong ito ay piliin ang kasamaan, yaon ay, kung darating ang panahon na ang mga taong ito ay mahulog sa paglabag, sila’y mahihinog sa pagkalipol.
- 20 At ngayon sinasabi ko sa inyo na tama lamang na hatulan ng Panginoon ang inyong kasamaan; tama na siya’y magpahayag sa mga taong ito, sa pamamagitan ng tinig ng kanyang mga anghel: Magsisi kayo, magsisi, sapagkat ang kaharian ng langit ay nalalapit na.
- 21 Oo, tama na siya ay magpahayag, sa pamamagitan ng tinig ng kanyang mga anghel na: Ako ay mananaog sa aking mga tao, dala ang katarungan at katwiran sa aking mga kamay.
- 22 Oo, sinasabi ko sa inyo na kung hindi dahil sa mga panalangin ng mabubuti, na ngayon ay nasa lupain, na kahit ngayon kayo ay dadalawin ng lubusang pagkalipol; gayon man, ito ay hindi sa pamamagitan ng baha, na tulad ng mga tao noong mga araw ni Noe, kundi ito ay sa pamamagitan ng taggutom, at sa pamamagitan ng salot, at ng espada.
- 23 Subalit dahil sa mga panalangin ng mabubuti kung kaya’t kayo’y naligtas; ngayon samakatwid, kung inyong itataboy ang mabubuti mula sa inyo sa gayon ay hindi pipigilan ng Panginoon ang kanyang kamay; kundi sa kanyang masidhing galit siya ay paparito laban sa inyo; pagkatapos kayo’y babagabagin sa pamamagitan ng taggutom, at sa pamamagitan ng salot, at sa pamamagitan ng espada; at ang panahon ay nalalapit na maliban kung kayo’y magsisisi.
- 24 At ngayon ito ay nangyari na, na ang mga tao ay lalong nagalit kay Amulek, at sila’y nagsigawan, sinasabing: Nilalait ng taong ito ang ating mga batas na makatarungan, at ang ating matatalinong manananggol na pinili natin.

Yea, well did Mosiah say, who was our last king, when he was about to deliver up the kingdom, having no one to confer it upon, causing that this people should be governed by their own voices—yea, well did he say that if the time should come that the voice of this people should choose iniquity, that is, if the time should come that this people should fall into transgression, they would be ripe for destruction.

And now I say unto you that well doth the Lord judge of your iniquities; well doth he cry unto this people, by the voice of his angels: Repent ye, repent, for the kingdom of heaven is at hand.

Yea, well doth he cry, by the voice of his angels that: I will come down among my people, with equity and justice in my hands.

Yea, and I say unto you that if it were not for the prayers of the righteous, who are now in the land, that ye would even now be visited with utter destruction; yet it would not be by flood, as were the people in the days of Noah, but it would be by famine, and by pestilence, and the sword.

But it is by the prayers of the righteous that ye are spared; now therefore, if ye will cast out the righteous from among you then will not the Lord stay his hand; but in his fierce anger he will come out against you; then ye shall be smitten by famine, and by pestilence, and by the sword; and the time is soon at hand except ye repent.

And now it came to pass that the people were more angry with Amulek, and they cried out, saying: This man doth revile against our laws which are just, and our wise lawyers whom we have selected.

25 Subalit iniunat ni Amulek ang kanyang kamay, at sumigaw nang higit na malakas kaysa sa kanila, sinasabing: O kayong masasama at balakyot na salinlahi, bakit may malakas na pagkakahawak si Satanas sa inyong mga puso? Bakit ninyo ipinasailalim ang inyong sarili sa kanya upang siya ay magkaroon ng kapangyarihan sa inyo, na bulagin ang inyong mga mata, kung kaya't hindi ninyo maunawaan ang mga salitang sinabi, alinsunod sa katotohanan ng mga ito?

26 Sapagkat masdan, ako ba ay nagpatotoo laban sa inyong batas? Kayo ay hindi nakauunawa; sinasabi ninyo na ako ay nangusap laban sa inyong batas; subalit hindi ko ginawa ang gayon, kundi ako'y nangusap sang-ayon sa inyong batas, tungo sa inyong pagkasumpa.

27 At ngayon masdan, sinasabi ko sa inyo, na ang saligan ng pagkalipol ng mga taong ito ay nagsisimula nang ilatag ng mga kasamaan ng inyong mga manananggol at inyong mga hukom.

28 At ngayon ito ay nangyari na, nang sabihin ni Amulek ang mga salitang ito na ang mga tao ay nagsigawan laban sa kanya, sinasabing: Ngayon nalalaman namin na ang taong ito ay anak ng diyablo, sapagkat siya ay nagsinungaling sa atin; sapagkat siya ay nangusap laban sa ating batas. At ngayon sinasabi niyang siya ay hindi nangusap laban dito.

29 At muli, kanyang nilait ang ating mga manananggol, at ang ating mga hukom.

30 At ito ay nangyari na, na inilagay ng mga manananggol sa kanilang mga puso na dapat nilang tandaan ang mga bagay na ito laban sa kanya.

31 At may isa sa kanila na ang pangalan ay Zisrom. Ngayon, siya ang nangunguna sa pagpapatang kina Amulek at Alma, siya na isa sa pinakabihasa sa kanila, na may maraming gawaing ginagawa sa mga tao.

32 Ngayon, ang layunin ng mga manananggol na ito ay upang makinabang; at sila ay kumikita alinsunod sa kanilang upa.

But Amulek stretched forth his hand, and cried the mightier unto them, saying: O ye wicked and perverse generation, why hath Satan got such great hold upon your hearts? Why will ye yield yourselves unto him that he may have power over you, to blind your eyes, that ye will not understand the words which are spoken, according to their truth?

For behold, have I testified against your law? Ye do not understand; ye say that I have spoken against your law; but I have not, but I have spoken in favor of your law, to your condemnation.

And now behold, I say unto you, that the foundation of the destruction of this people is beginning to be laid by the unrighteousness of your lawyers and your judges.

And now it came to pass that when Amulek had spoken these words the people cried out against him, saying: Now we know that this man is a child of the devil, for he hath lied unto us; for he hath spoken against our law. And now he says that he has not spoken against it.

And again, he has reviled against our lawyers, and our judges.

And it came to pass that the lawyers put it into their hearts that they should remember these things against him.

And there was one among them whose name was Zeezrom. Now he was the foremost to accuse Amulek and Alma, he being one of the most expert among them, having much business to do among the people.

Now the object of these lawyers was to get gain; and they got gain according to their employ.

## Alma 11

- 1 Ngayon nasa batas ni Mosias na bawat tao na isang hukom ng batas, o yaong mga nahirang na maging mga hukom, ay dapat tumanggap ng kabayaran alinsunod sa panahon na kanilang ipinagpagal sa paghahatol doon sa mga yaong dinala sa harapan nila upang hatulan.
- 2 Ngayon, kung ang isang tao ay may utang sa isa, at ayaw niyang bayaran ang kanyang inutang, siya ay isasakdal sa hukom; at pinairal ng hukom ang karapatan, at nagsusugo ng mga pinuno upang ang tao ay dalhin sa harapan niya; at hahatulan niya ang tao alinsunod sa batas at sa mga katibayang dinala laban sa kanya, at sa gayon ang tao ay mapipilitang magbayad ng kanyang inutang, o hubaran, o palayasin sa mga tao na tulad ng isang magnanakaw at isang tulisan.
- 3 At ang hukom ay tatanggap ng kanyang kabayaran alinsunod sa kanyang panahon—isang senine ng ginto para sa isang araw, o isang senum ng pilak, na katumbas ng isang senine ng ginto; at ito ay alinsunod sa batas na ibinigay.
- 4 Ngayon, ito ang mga katawagan ng iba't ibang piraso ng kanilang ginto, at ng kanilang pilak, alinsunod sa halaga nito. At ang mga katawagan ay ibinigay ng mga Nephita, sapagkat hindi nila kinuwenta ito alinsunod sa pamamaraan ng mga Judio na nasa Jerusalem; ni nagsusukat sila alinsunod sa pamamaraan ng mga Judio, kundi kanilang binago ang kanilang pagkuwenta at pagsukat, alinsunod sa mga isip at sa mga pangyayari sa mga tao, sa bawat salinlahi hanggang sa panunungkulan ng mga hukom, ang mga yaon ang itinakda ni haring Mosias.
- 5 Ngayon, ang pagkuwenta ay ganito—Isang senine ng ginto, isang seon ng ginto, isang shum ng ginto, at isang limnas ng ginto.
- 6 Isang senum ng pilak, isang amnor ng pilak, isang ezrom ng pilak, at isang onti ng pilak.
- 7 Ang isang senum ng pilak ay katumbas ng isang senine ng ginto, at alinman sa dalawa para sa isang sukat ng cebada at, gayundin para sa isang sukat ng bawat uri ng butil.
- 8 Ngayon, ang halaga ng isang seon ng ginto ay dalawang ulit ng halaga ng isang senine.

## Alma 11

Now it was in the law of Mosiah that every man who was a judge of the law, or those who were appointed to be judges, should receive wages according to the time which they labored to judge those who were brought before them to be judged.

Now if a man owed another, and he would not pay that which he did owe, he was complained of to the judge; and the judge executed authority, and sent forth officers that the man should be brought before him; and he judged the man according to the law and the evidences which were brought against him, and thus the man was compelled to pay that which he owed, or be stripped, or be cast out from among the people as a thief and a robber.

And the judge received for his wages according to his time—a senine of gold for a day, or a senum of silver, which is equal to a senine of gold; and this is according to the law which was given.

Now these are the names of the different pieces of their gold, and of their silver, according to their value. And the names are given by the Nephites, for they did not reckon after the manner of the Jews who were at Jerusalem; neither did they measure after the manner of the Jews; but they altered their reckoning and their measure, according to the minds and the circumstances of the people, in every generation, until the reign of the judges, they having been established by king Mosiah.

Now the reckoning is thus—a senine of gold, a seon of gold, a shum of gold, and a limnah of gold.

A senum of silver, an amnor of silver, an ezrom of silver, and an onti of silver.

A senum of silver was equal to a senine of gold, and either for a measure of barley, and also for a measure of every kind of grain.

Now the amount of a seon of gold was twice the value of a senine.



9 At ang isang shum ng ginto ay dalawang ulit sa halaga ng isang seon.

10 At ang isang limnah ng ginto ay halaga nilang lahat.

11 At ang isang amnor ng pilak ay kasinghalaga ng dalawang senum.

12 At ang isang ezrom ng pilak ay kasinghalaga ng apat na senum.

13 At ang isang onti ay kasinghalaga nilang lahat.

14 Ngayon, ito ang halaga ng mas maliit na bilang ng kanilang pagkuwenta—

15 Ang isang siblon ay kalahati ng isang senum; anupa't ang isang siblon para sa kalahati ng sukat ng cebada.

16 At ang isang siblum ay kalahati ng isang siblon.

17 At ang isang lea ay kalahati ng isang siblum.

18 Ngayon, ito ang kanilang bilang alinsunod sa kanilang pagkuwenta.

19 Ngayon, ang isang antion ng ginto ay katumbas ng tatlong siblon.

20 Ngayon, ito ay para sa natatanging layunin na makinabang, dahil sa tinatanggap nila ang kanilang kabayaran alinsunod sa kanilang gawain, kaya nga, kanilang pinupukaw ang mga tao sa panliligalig, at sa lahat ng uri ng panggugulo at kasamaan, upang sila ay magkaroon ng marami pang gawain, upang sila ay makakuha ng salapi alinsunod sa mga sakdal na dinadala sa harapan nila; anupa't kanilang pinupukaw ang mga tao laban kina Alma at Amulek.

21 At itong si Zisrom ay nagsimulang tanungin si Amulek, sinasabing: Maaari bang sagutin mo ang ilang katanungan na aking itatanong sa iyo? Ngayon, si Zisrom ay isang lalaking bihasa sa mga pamamaraan ng diyablo, upang kanyang mawasak yaong mabuti; kaya nga, sinabi niya kay Amulek: Maaari mo bang sagutin ang mga katanungan na aking itatanong sa iyo?

22 At sinabi ni Amulek sa kanya: Oo, kung ito ay naaayon sa Espiritu ng Panginoon, na nasa akin; sapagkat wala akong anumang sasabihin na salungat sa Espiritu ng Panginoon. At sinabi ni Zisrom sa kanya: Masdan, narito ang anim na onti ng pilak, at ang lahat ng ito ay ibibigay ko sa iyo kung iyong itatatwa ang pagkakaroon ng isang Kataas-taasang Katauhan.

And a shum of gold was twice the value of a seon.

And a limnah of gold was the value of them all.

And an amnor of silver was as great as two senums.

And an ezrom of silver was as great as four senums.

And an onti was as great as them all.

Now this is the value of the lesser numbers of their reckoning—

A shiblon is half of a senum; therefore, a shiblon for half a measure of barley.

And a shiblum is a half of a shiblon.

And a Leah is the half of a shiblum.

Now this is their number, according to their reckoning.

Now an antion of gold is equal to three shiblons.

Now, it was for the sole purpose to get gain, because they received their wages according to their employ, therefore, they did stir up the people to riotings, and all manner of disturbances and wickedness, that they might have more employ, that they might get money according to the suits which were brought before them; therefore they did stir up the people against Alma and Amulek.

And this Zeezrom began to question Amulek, saying: Will ye answer me a few questions which I shall ask you? Now Zeezrom was a man who was expert in the devices of the devil, that he might destroy that which was good; therefore, he said unto Amulek: Will ye answer the questions which I shall put unto you?

And Amulek said unto him: Yea, if it be according to the Spirit of the Lord, which is in me; for I shall say nothing which is contrary to the Spirit of the Lord. And Zeezrom said unto him: Behold, here are six onties of silver, and all these will I give thee if thou wilt deny the existence of a Supreme Being.

23 Ngayon, sinabi ni Amulek: O ikaw na anak ng impiyerno, bakit mo ako tinutukso? Nalalaman mo ba na ang mabubuti ay hindi nagpapadaig sa mga ganyang tukso?

24 Naniniwala ka ba na walang Diyos? Sinasabi ko sa iyo, Hindi, nalalaman mo na may Diyos, ngunit iyong minamahal yaong kayamanan nang higit kaysa sa kanya.

25 At ngayon, ikaw ay nagsinungaling sa akin sa harapan ng Diyos. Sinabi mo sa akin—Masdan, ito ang anim na onti, na malaki ang halaga, ibibigay ko sa iyo—gayong ang nasa iyong puso ay ipagkait iyon sa akin; at ang tanging layunin mo ay ikaila ko ang totoo at buhay na Diyos, upang ikaw ay magkaroon ng dahilan na ako ay wasakin. At ngayon masdan, dahil sa malaking kasamaang ito ay tatanggapin mo ang iyong gantimpala.

26 At sinabi ni Zisrom sa kanya: Sinasabi mo na may isang totoo at buhay na Diyos?

27 At sinabi ni Amulek: Oo, may totoo at buhay na Diyos.

28 Ngayon, sinabi ni Zisrom: Mayroon bang higit sa isang Diyos?

29 At siya ay sumagot, Wala.

30 Ngayon, sinabing muli sa kanya ni Zisrom: Paano mong nalaman ang mga bagay na ito?

31 At sinabi niya: Isang anghel ang nagpabatid nito sa akin.

32 At sinabing muli ni Zisrom: Sino siya na paparito? Ito ba ang Anak ng Diyos?

33 At sinabi niya sa kanya, Oo.

34 At sinabing muli ni Zisrom: Ililigtas ba niya ang kanyang mga tao sa kanilang mga kasalanan? At sinagot siya ni Amulek at sinabi sa kanya: Sinasabi ko sa iyo, hindi niya ito gagawin, sapagkat hindi maaaring ikaila niya ang kanyang salita.

35 Ngayon, sinabi ni Zisrom sa mga tao: Tiyaking matatandaan ninyo ang mga bagay na ito; sapagkat sinabi niya na may isang Diyos lamang, gayunman sinabi niyang ang Anak ng Diyos ay paparito, subalit hindi niya ililigtas ang kanyang mga tao—na para bang mayroon siyang karapatang utusan ang Diyos.

Now Amulek said: O thou child of hell, why tempt ye me? Knowest thou that the righteous yieldeth to no such temptations?

Believest thou that there is no God? I say unto you, Nay, thou knowest that there is a God, but thou lovest that lucre more than him.

And now thou hast lied before God unto me. Thou saidst unto me—Behold these six onties, which are of great worth, I will give unto thee—when thou hadst it in thy heart to retain them from me; and it was only thy desire that I should deny the true and living God, that thou mightest have cause to destroy me. And now behold, for this great evil thou shalt have thy reward.

And Zeezrom said unto him: Thou sayest there is a true and living God?

And Amulek said: Yea, there is a true and living God.

Now Zeezrom said: Is there more than one God?

And he answered, No.

Now Zeezrom said unto him again: How knowest thou these things?

And he said: An angel hath made them known unto me.

And Zeezrom said again: Who is he that shall come? Is it the Son of God?

And he said unto him, Yea.

And Zeezrom said again: Shall he save his people in their sins? And Amulek answered and said unto him: I say unto you he shall not, for it is impossible for him to deny his word.

Now Zeezrom said unto the people: See that ye remember these things; for he said there is but one God; yet he saith that the Son of God shall come, but he shall not save his people—as though he had authority to command God.

- 36 Ngayon, muling sinabi ni Amulek sa kanya: Masdan, ikaw ay nagsinungaling, sapagkat sinabi mo na ako ay nagsalita na para bang ako ay may karapatang utusan ang Diyos dahil sa sinabi kong hindi niya ililigtas ang kanyang mga tao sa kanilang mga kasalanan.
- 37 At sinasabi ko sa inyong muli na hindi niya sila maililigtas sa kanilang mga kasalanan; sapagkat hindi ko maikakaila ang kanyang salita, at sinabi niya na walang maruming bagay ang magmamana ng kaharian ng langit; samakatwid, paano kayong maliligtas, maliban kung kayo ay magmamana ng kaharian ng langit? Anupa't, kayo ay hindi maliligtas sa inyong mga kasalanan.
- 38 Ngayon, sinabing muli ni Zisrom sa kanya: Ang Anak ng Diyos ba ang siya ring Amang Walang Hanggan?
- 39 At sinabi ni Amulek sa kanya: Oo, siya rin ang Amang Walang Hanggan ng langit at ng lupa, at ng lahat ng bagay na naroroon; siya ang simula at ang katapusan, ang una at ang huli;
- 40 At siya ay paparito sa daigdig upang tubusin ang kanyang mga tao; at kanyang aakuin ang mga pagkakasala ng mga naniniwala sa kanyang pangalan; at sila yaong magkakaroon ng buhay na walang hanggan, at ang kaligtasan ay darating sa wala nang iba.
- 41 Anupa't ang masasama ay mananatili na parang walang pagtubos na ginawa, maliban sa pagkakalag ng mga gapos ng kamatayan; sapagkat masdan, darating ang araw na ang lahat ay magbabangon mula sa patay at tatayo sa harapan ng Diyos, at hahatulan alinsunod sa kanilang mga gawa.
- 42 Ngayon, may isang kamatayan na tinatawag na temporal na kamatayan; at ang kamatayan ni Cristo ang magkakalag ng mga gapos ng temporal na kamatayang ito, na ang lahat ay magbabangon mula sa temporal na kamatayang ito.
- 43 Ang espiritu at ang katawan ay magsasamang muli sa kanyang ganap na anyo; kapwa ang biyas at kasukasuan ay ibabalik sa wastong pangangatawan, maging kagaya natin ngayon sa sandaling ito; at tayo ay dadalhin upang tumayo sa harapan ng Diyos, nakaaalam gaya ng nalalaman natin ngayon, at may malinaw na alaala ng lahat ng ating mga pagkakasala.

Now Amulek saith again unto him: Behold thou hast lied, for thou sayest that I spake as though I had authority to command God because I said he shall not save his people in their sins.

And I say unto you again that he cannot save them in their sins; for I cannot deny his word, and he hath said that no unclean thing can inherit the kingdom of heaven; therefore, how can ye be saved, except ye inherit the kingdom of heaven? Therefore, ye cannot be saved in your sins.

Now Zeezrom saith again unto him: Is the Son of God the very Eternal Father?

And Amulek said unto him: Yea, he is the very Eternal Father of heaven and of earth, and all things which in them are; he is the beginning and the end, the first and the last;

And he shall come into the world to redeem his people; and he shall take upon him the transgressions of those who believe on his name; and these are they that shall have eternal life, and salvation cometh to none else.

Therefore the wicked remain as though there had been no redemption made, except it be the loosing of the bands of death; for behold, the day cometh that all shall rise from the dead and stand before God, and be judged according to their works.

Now, there is a death which is called a temporal death; and the death of Christ shall loose the bands of this temporal death, that all shall be raised from this temporal death.

The spirit and the body shall be reunited again in its perfect form; both limb and joint shall be restored to its proper frame, even as we now are at this time; and we shall be brought to stand before God, knowing even as we know now, and have a bright recollection of all our guilt.

44 Ngayon, ang panunumbalik na ito ay darating sa lahat, kapwa matanda at bata, kapwa alipin at malaya, kapwa lalaki at babae, kapwa masama at mabuti; at maging doon ay hindi mawawala kahit isang buhok sa kanilang mga ulo, kundi bawat bagay ay manunumbalik sa kanyang ganap na kabuuan, gaya sa ngayon, o sa katawan, at dadalhin at lilitisin sa harapan ng hukuman ni Cristo, ang Anak, at Diyos Ama, at ng Banal na Espiritu, na isang Diyos na Walang Hanggan, upang hatulan alinsunod sa kanilang mga gawa, kung sila ay mabubuti, o kung sila ay masasama.

45 Ngayon, masdan, sinabi ko sa inyo ang hinggil sa kamatayan ng katawang-lupa, at gayundin ang pagkabuhay na mag-uli ng katawang-lupa. Sinasabi ko sa inyo na ang katawang-lupang ito ay babangon sa isang walang kamatayang katawan, ibig sabihin mula sa kamatayan, maging mula sa unang kamatayan tungo sa pagkabuhay, upang sila ay hindi na mamatay muli; ang kanilang mga espiritu ay sasamang muli sa kanilang mga katawan, at hindi na maghihiwalay pa kailanman; sa gayon, sa kabuuan ay magiging espirituwal at walang kamatayan upang sila ay hindi na muling makakita pa ng kabulukan.

46 Ngayon, nang matapos ni Amulek ang mga salitang ito, ang mga tao ay muling nagsimulang manggilalas, at gayundin, si Zisrom ay nagsimulang manginig. At sa gayon natapos ang mga salita ni Amulek, o ito ang lahat ng aking naisulat.

Now, this restoration shall come to all, both old and young, both bond and free, both male and female, both the wicked and the righteous; and even there shall not so much as a hair of their heads be lost; but every thing shall be restored to its perfect frame, as it is now, or in the body, and shall be brought and be arraigned before the bar of Christ the Son, and God the Father, and the Holy Spirit, which is one Eternal God, to be judged according to their works, whether they be good or whether they be evil.

Now, behold, I have spoken unto you concerning the death of the mortal body, and also concerning the resurrection of the mortal body. I say unto you that this mortal body is raised to an immortal body, that is from death, even from the first death unto life, that they can die no more; their spirits uniting with their bodies, never to be divided; thus the whole becoming spiritual and immortal, that they can no more see corruption.

Now, when Amulek had finished these words the people began again to be astonished, and also Zeezrom began to tremble. And thus ended the words of Amulek, or this is all that I have written.

## Alma 12

- 1 Ngayon si Alma, nang makitang ang mga salita ni Amulek ay nakapagpatahimik kay Zisrom, sapagkat namasdan niyang nahuli siya ni Amulek sa kanyang mga kasinungalingan at panlilinlang upang siya ay wasakin, at nang makitang siya ay nagsimulang manginig sa pagkaalam nito ng kanyang pagkakasala, binuksan niya ang kanyang bibig at nagsimulang mangusap sa kanya, at pagtibayin ang mga salita ni Amulek, at ipaliwanag pa nang higit ang mga bagay, o ilahad ang mga banal na kasulatan nang higit sa ginawa ni Amulek.
- 2 Ngayon, ang mga salitang sinabi ni Alma kay Zisrom ay narinig ng mga tao sa palibot; sapagkat ang mga tao ay napakarami, at siya ay nagsalita sa ganitong paraan:
- 3 Ngayon Zisrom, nakita mo na ikaw ay nahuli sa iyong mga kasinungalingan at katusuhan, sapagkat ikaw ay nagsinungaling hindi lamang sa mga tao, kundi ikaw ay nagsinungaling sa Diyos; sapagkat masdan, nalalaman niya ang lahat ng iyong iniisip, at iyong nakita na ang nasasaisip mo ay nagawang ipaalam sa amin ng kanyang Espiritu;
- 4 At nakita mong alam namin na ang iyong balak ay isang napakatusong balak, katulad ng katusuhan ng diyablo, upang magsinungaling at linlangin ang mga taong ito nang sila'y mamuhi laban sa amin, upang kami ay laitin at upang kami ay maitaboy—
- 5 Ngayon, ito ang balak ng iyong kaaway, at kanyang ginagamit ang kanyang kapangyarihan sa iyo. Ngayon, nais kong iyong pakatandaan na kung ano ang sinasabi ko sa iyo ay sinasabi ko sa lahat.
- 6 At masdan, sinasabi ko sa inyong lahat na ito ay isang patibong ng kaaway na kanyang inilatag upang mahuli ang mga taong ito, nang kayo ay mapasailalim sa kanya, upang maigapos niya kayo ng kanyang mga tanikala, nang maitanikala niya kayo sa walang hanggang pagkawasak, alinsunod sa kapangyarihan ng kanyang pagkabihag.

## Alma 12

Now Alma, seeing that the words of Amulek had silenced Zeezrom, for he beheld that Amulek had caught him in his lying and deceiving to destroy him, and seeing that he began to tremble under a consciousness of his guilt, he opened his mouth and began to speak unto him, and to establish the words of Amulek, and to explain things beyond, or to unfold the scriptures beyond that which Amulek had done.

Now the words that Alma spake unto Zeezrom were heard by the people round about; for the multitude was great, and he spake on this wise:

Now Zeezrom, seeing that thou hast been taken in thy lying and craftiness, for thou hast not lied unto men only but thou hast lied unto God; for behold, he knows all thy thoughts, and thou seest that thy thoughts are made known unto us by his Spirit;

And thou seest that we know that thy plan was a very subtle plan, as to the subtlety of the devil, for to lie and to deceive this people that thou mightest set them against us, to revile us and to cast us out—

Now this was a plan of thine adversary, and he hath exercised his power in thee. Now I would that ye should remember that what I say unto thee I say unto all.

And behold I say unto you all that this was a snare of the adversary, which he has laid to catch this people, that he might bring you into subjection unto him, that he might encircle you about with his chains, that he might chain you down to everlasting destruction, according to the power of his captivity.

- 7 Ngayon, nang sabihin ni Alma ang mga salitang ito, si Zisrom ay nagsimulang manginig nang labis, sapagkat siya ay lalo pang napaniwala sa kapangyarihan ng Diyos, at siya ay napaniwala rin na sina Alma at Amulek ay may nalalaman tungkol sa kanya, sapagkat siya ay naniniwalang alam nila ang mga nasasaisip at layunin ng kanyang puso; sapagkat ang kapangyarihan ay ibinigay sa kanila, na kanilang malaman ang mga bagay na ito alinsunod sa diwa ng propesiya.
- 8 At si Zisrom ay nagsimulang magtanong nang buong sigasig sa kanila, upang kanyang malaman pa ang hinggil sa kaharian ng Diyos. At sinabi niya kay Alma: Ano ang ibig sabihin ng sinabing ito ni Amulek hinggil sa pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, na ang lahat ay magbabangon mula sa patay, kapwa ang makatarungan at hindi makatarungan ay dadalhin upang tumayo sa harapan ng Diyos upang hatulan alinsunod sa kanilang mga gawa?
- 9 At ngayon, nagsimulang ipaliwanag ni Alma ang mga bagay na ito sa kanya, sinasabing: Ibinigay sa marami na malaman ang mga hiwaga ng Diyos; gayunpaman, sila ay pinasailalim sa isang mahigpit na pag-uutos na hindi nila ipamamahagi tanging alinsunod lamang sa bahagi ng kanyang salita na ipinagkaloob niya sa mga anak ng tao, alinsunod sa pagtalima at pagsusumikap na kanilang ibinigay sa kanya.
- 10 At kaya nga, siya na magpapatigas ng kanyang puso, siya rin ang tatanggap ng higit na maliit na bahagi ng salita; at siya na hindi magpapatigas ng kanyang puso, sa kanya ay ibibigay ang higit na malaking bahagi ng salita, hanggang sa ibigay sa kanya na malaman ang hiwaga ng Diyos, hanggang sa kanyang malamang ganap ang mga ito.
- 11 At sila na magpapatigas ng kanilang mga puso, sa kanila ay ibibigay ang higit na maliit na bahagi ng salita hanggang sa wala na silang malaman pa hinggil sa kanyang mga hiwaga; at pagkatapos, sila ay kukuning bihag ng diyablo, at aakayin ng kanyang kagustuhan tungo sa pagkawasak. Ngayon, ito ang ibig sabihin ng mga tanikala ng impiyerno.

Now when Alma had spoken these words, Zeezrom began to tremble more exceedingly, for he was convinced more and more of the power of God; and he was also convinced that Alma and Amulek had a knowledge of him, for he was convinced that they knew the thoughts and intents of his heart; for power was given unto them that they might know of these things according to the spirit of prophecy.

And Zeezrom began to inquire of them diligently, that he might know more concerning the kingdom of God. And he said unto Alma: What does this mean which Amulek hath spoken concerning the resurrection of the dead, that all shall rise from the dead, both the just and the unjust, and are brought to stand before God to be judged according to their works?

And now Alma began to expound these things unto him, saying: It is given unto many to know the mysteries of God; nevertheless they are laid under a strict command that they shall not impart only according to the portion of his word which he doth grant unto the children of men, according to the heed and diligence which they give unto him.

And therefore, he that will harden his heart, the same receiveth the lesser portion of the word; and he that will not harden his heart, to him is given the greater portion of the word, until it is given unto him to know the mysteries of God until he know them in full.

And they that will harden their hearts, to them is given the lesser portion of the word until they know nothing concerning his mysteries; and then they are taken captive by the devil, and led by his will down to destruction. Now this is what is meant by the chains of hell.

- 12 At si Amulek ay nagsalita nang malinaw hinggil sa kamatayan, at ang pagbabangon mula sa may kamatayang ito tungo sa isang kalagayang walang kamatayan, at ang pagdadala sa harapan ng hukuman ng Diyos upang hatulan alinsunod sa ating mga gawa.
- 13 Pagkatapos, kung ang ating mga puso ay naging matigas, oo, kung pinatigas natin ang ating mga puso laban sa salita, kung kaya't yaon ay hindi natagpuan sa atin, kung magkakagayon ang ating kalagayan ay magiging nakapanghihilakbot, at sa gayon tayo ay huhusgahan.
- 14 Sapagkat ang ating mga salita ang hahatol sa atin, oo, lahat ng ating mga gawa ang hahatol sa atin; tayo ay hindi matatagpuang walang bahid-dungis; at ang ating mga pag-iisip ang hahatol din sa atin; at dito sa nakapanghihilakbot na kalagayan, tayo ay hindi mangangahas na tumingin sa ating Diyos; at tayo ay magagalak kung ating mauutusan ang mga bato at ang mga bundok na bumagsak sa atin upang itago tayo mula sa kanyang harapan.
- 15 Datapat hindi ito maaari; tayo ay kailangang lumabas at tumayo sa harapan niya sa kanyang kaluwalhatian, at sa kanyang kapangyarihan, at sa kanyang lakas, kamahalan, at pamahalaan, at kilalanin sa ating walang hanggang kahihyan na ang lahat ng kanyang mga hatol ay makatarungan, na siya ay makatarungan sa lahat ng kanyang mga gawa, at na siya ay maawain sa mga anak ng tao, at na taglay niya ang lahat ng kapangyarihan upang iligtas ang bawat taong naniniwala sa kanyang pangalan at namumunga ng bunga na karapat-dapat sa pagsisisi.
- 16 At ngayon masdan, sinasabi ko sa inyo na darating ang isang kamatayan, maging ang ikalawang kamatayan, na isang kamatayang espirituwal; at ito ang sandali na sinuman ang namatay sa kanyang mga kasalanan, kagaya ng isang temporal na kamatayan, ay mamamatay rin ng kamatayang espirituwal; oo, siya ay mamamatay sa mga bagay na nauukol sa kabutihan.

And Amulek hath spoken plainly concerning death, and being raised from this mortality to a state of immortality, and being brought before the bar of God, to be judged according to our works.

Then if our hearts have been hardened, yea, if we have hardened our hearts against the word, inso-much that it has not been found in us, then will our state be awful, for then we shall be condemned.

For our words will condemn us, yea, all our works will condemn us; we shall not be found spotless; and our thoughts will also condemn us; and in this awful state we shall not dare to look up to our God; and we would fain be glad if we could command the rocks and the mountains to fall upon us to hide us from his presence.

But this cannot be; we must come forth and stand before him in his glory, and in his power, and in his might, majesty, and dominion, and acknowledge to our everlasting shame that all his judgments are just; that he is just in all his works, and that he is merciful unto the children of men, and that he has all power to save every man that believeth on his name and bringeth forth fruit meet for repentance.

And now behold, I say unto you then cometh a death, even a second death, which is a spiritual death; then is a time that whosoever dieth in his sins, as to a temporal death, shall also die a spiritual death; yea, he shall die as to things pertaining unto righteousness.

- 17 At iyon ang sandali na ang kanilang mga pagdurusa ay magiging kagaya ng isang lawa ng apoy at asupre, na ang ningas ay pumapailanglang magpakailanman at walang katapusan; at iyon ang sandali na sila ay tatanikalaan pababa sa isang walang hanggang pagkawasak, alinsunod sa kapangyarihan at pagkabiha ni Satanas, siya na nagpasailalim sa kanila alinsunod sa kanyang kagustuhan.
- 18 Kung magkakagayon, sinasabi ko sa iyo, para bang walang pagtubos na ginawa sa kanila; sapagkat sila ay hindi matutubos alinsunod sa katarungan ng Diyos; at sila ay hindi mamamatay, nakikitang wala nang kabulukan.
- 19 Ngayon, ito ay nangyari na, nang matapos na si Alma ng pagsasalita ng mga salitang ito, ang mga tao ay nagsimulang lalong manggilalas;
- 20 Subalit may isang Antionas, na siyang punong tagapamahala sa kanila, na lumapit at nagsabi sa kanya: Ano itong sinabi mo na ang tao ay magbabangon mula sa pagkamatay at mababago mula sa pagiging may kamatayan tungo sa walang kamatayang kalagayan, na ang kaluluwa ay hindi kailanman mamamatay?
- 21 Ano ang ibig sabihin ng banal na kasulatan, na nagsasabing ang Diyos ay naglagay ng mga querubin at isang nagbabagang espada sa silangan ng halaman ng Eden, at baka ang ating mga unang magulang ay makapasok at makakain ng bunga ng punungkahoy ng buhay, at mabuhay magpakailanman? At sa gayon nakikita natin na walang pagkakataon na sila ay mabuhay magpakailanman.
- 22 Ngayon sinabi ni Alma sa kanya: Ito ang bagay na akin sanang ipaliliwanag. Ngayon nakita natin na si Adan ay nahulog dahil sa pagkain ng ipinagbabawal na bunga, alinsunod sa salita ng Diyos; at sa gayon nakikita natin, na sa kanyang pagkahulog, ang buong sangkatauhan ay naging isang ligaw at mga nahulog na tao.

Then is the time when their torments shall be as a lake of fire and brimstone, whose flame ascendeth up forever and ever; and then is the time that they shall be chained down to an everlasting destruction, according to the power and captivity of Satan, he having subjected them according to his will.

Then, I say unto you, they shall be as though there had been no redemption made; for they cannot be redeemed according to God's justice; and they cannot die, seeing there is no more corruption.

Now it came to pass that when Alma had made an end of speaking these words, the people began to be more astonished;

But there was one Antionah, who was a chief ruler among them, came forth and said unto him: What is this that thou hast said, that man should rise from the dead and be changed from this mortal to an immortal state, that the soul can never die?

What does the scripture mean, which saith that God placed cherubim and a flaming sword on the east of the garden of Eden, lest our first parents should enter and partake of the fruit of the tree of life, and live forever? And thus we see that there was no possible chance that they should live forever.

Now Alma said unto him: This is the thing which I was about to explain. Now we see that Adam did fall by the partaking of the forbidden fruit, according to the word of God; and thus we see, that by his fall, all mankind became a lost and fallen people.



- 23 At ngayon masdan, sinasabi ko sa inyo na kung nangyari na si Adan ay nakakain ng bunga ng punungkahoy ng buhay noong panahong yaon ay hindi na sana nagkaroon ng kamatayan, at ang salita ay mawawalang-saysay, at gagawin ang Diyos na isang sinungaling, sapagkat kanyang sinabi: Kung ikaw ay kakain, ikaw ay tiyak na mamamatay.
- 24 At nakikita natin na ang kamatayan ay sumasapit sa sangkatauhan, oo, ang kamatayang sinasabi ni Amulek, na temporal na kamatayan; gayunpaman, may isang panahong ipinagkaloob sa tao kung kailan siya ay maaaring magsisi; anupa't ang buhay na ito ay naging isang pagsubok na kalagayan; isang panahon upang maghanda sa pagharap sa Diyos; isang panahon upang maghanda para sa walang hanggang kalagayan na sinasabi namin, na pagkatapos ng pagkabuhay na mag-uli ng mga patay.
- 25 Ngayon, kung hindi dahil sa plano ng pagtubos, na inilatag mula pa sa pagkakatatag ng daigdig, hindi sana magkakaroon ng pagkabuhay na mag-uli ang mga patay; ngunit may isang plano ng pagtubos na inilatag, na magpapangyari sa pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, na sinasabi.
- 26 At ngayon masdan, kung nangyari lamang na ang ating mga unang magulang ay nakahayo at nakakain ng bunga ng punungkahoy ng buhay, sila sana ay naging kaaba-aba magpakailanman, walang pagkakataong makapaghanda; at kung nagkagayon, ang plano ng pagtubos ay nahadlangan; at ang salita ng Diyos ay nawalang-saysay at nawalan ng bisa.
- 27 Subalit masdan, ito ay hindi gayon; kundi itinakda sa tao na sila ay kailangang mamatay; at pagkatapos ng kamatayan, sila ay haharap sa paghuhukom, maging katulad ng paghuhukom na aming sinabi, na siyang katapusan.
- 28 At matapos itakda ng Diyos na ang mga bagay na ito ay sasapit sa tao, masdan, pagkatapos nakita niya na kapaki-pakinabang na malaman ng tao ang hinggil sa mga bagay na kanyang itinakda para sa kanila;
- 29 Kaya nga, siya ay nagsugo ng mga anghel upang makipag-usap sa kanila, na siyang naging daan na mamasdan ng tao ang kanyang kaluwalhatian.

And now behold, I say unto you that if it had been possible for Adam to have partaken of the fruit of the tree of life at that time, there would have been no death, and the word would have been void, making God a liar, for he said: If thou eat thou shalt surely die.

And we see that death comes upon mankind, yea, the death which has been spoken of by Amulek, which is the temporal death; nevertheless there was a space granted unto man in which he might repent; therefore this life became a probationary state; a time to prepare to meet God; a time to prepare for that endless state which has been spoken of by us, which is after the resurrection of the dead.

Now, if it had not been for the plan of redemption, which was laid from the foundation of the world, there could have been no resurrection of the dead; but there was a plan of redemption laid, which shall bring to pass the resurrection of the dead, of which has been spoken.

And now behold, if it were possible that our first parents could have gone forth and partaken of the tree of life they would have been forever miserable, having no preparatory state; and thus the plan of redemption would have been frustrated, and the word of God would have been void, taking none effect.

But behold, it was not so; but it was appointed unto men that they must die; and after death, they must come to judgment, even that same judgment of which we have spoken, which is the end.

And after God had appointed that these things should come unto man, behold, then he saw that it was expedient that man should know concerning the things whereof he had appointed unto them;

Therefore he sent angels to converse with them, who caused men to behold of his glory.

- 30 At sila ay nagsimula buhat sa panahong yaon na manawagan sa kanyang pangalan; anupa't ang Diyos ay nakipag-usap sa mga tao, at ipinaalam sa kanila ang plano ng pagtubos na inihanda mula pa sa pagkakatatag ng daigdig; at ito ay ipinaalam niya sa kanila alinsunod sa kanilang pananampalataya at pagsisisi at sa kanilang mga banal na gawa.
- 31 Kaya nga, siya ay nagbigay ng mga kautusan sa mga tao, sila na unang lumabag sa mga unang kautusan ukol sa mga bagay na temporal, at naging katulad ng mga diyos, nalalaman ang mabuti sa masama, na inilalagay ang kanilang sarili sa kalagayang makakilos, o nasa sa isang kalagayang makakikilos alinsunod sa kanilang mga kagustuhan at kasiyahan, kung gagawa ng masama o gagawa ng mabuti—
- 32 Anupa't ang Diyos ay nagbigay sa kanila ng mga kautusan, matapos maipalam sa kanila ang plano ng pagtubos, upang hindi sila gumawa ng masama, ang parusa niyon ay ikalawang kamatayan, na isang walang hanggang kamatayan, sa mga bagay na nauukol sa kabutihan; sapagkat sa mga gayon, ang plano ng pagtubos ay hindi magkakaroon ng kapangyarihan, sapagkat ang mga gawa ng katarungan ay hindi mawawasak, alinsunod sa dakilang kabutihan ng Diyos.
- 33 Datapwat ang Diyos ay nanawagan sa mga tao, sa pangalan ng kanyang Anak, (ito bilang plano ng pagtubos na inilatag) sinasabing: Kung kayo ay magsisisi, at hindi patitigasin ang inyong mga puso, sa gayon, ako ay maaawa sa inyo, sa pamamagitan ng aking Bugtong na Anak;
- 34 Kaya nga, ang sinumang magsisisi, at hindi patitigasin ang kanyang puso, siya ay magkakaroon ng pag-angkin sa awa sa pamamagitan ng aking Bugtong na Anak, sa ikapagpapatawad ng kanyang mga kasalanan; at sila ay papasok sa aking kapahingahan.
- 35 At ang sinumang magpapatigas ng kanyang puso at gagawa ng kasamaan, masdan, isinusumpa ko sa aking kapootan na siya ay hindi makapapasok sa aking kapahingahan.

And they began from that time forth to call on his name; therefore God conversed with men, and made known unto them the plan of redemption, which had been prepared from the foundation of the world; and this he made known unto them according to their faith and repentance and their holy works.

Wherefore, he gave commandments unto men, they having first transgressed the first commandments as to things which were temporal, and becoming as gods, knowing good from evil, placing themselves in a state to act, or being placed in a state to act according to their wills and pleasures, whether to do evil or to do good—

Therefore God gave unto them commandments, after having made known unto them the plan of redemption, that they should not do evil, the penalty thereof being a second death, which was an everlasting death as to things pertaining unto righteousness; for on such the plan of redemption could have no power, for the works of justice could not be destroyed, according to the supreme goodness of God.

But God did call on men, in the name of his Son, (this being the plan of redemption which was laid) saying: If ye will repent, and harden not your hearts, then will I have mercy upon you, through mine Only Begotten Son;

Therefore, whosoever repenteth, and hardeneth not his heart, he shall have claim on mercy through mine Only Begotten Son, unto a remission of his sins; and these shall enter into my rest.

And whosoever will harden his heart and will do iniquity, behold, I swear in my wrath that he shall not enter into my rest.

36 At ngayon, aking mga kapatid, masdan, sinasabi ko sa inyo na kung inyong patitigasin ang inyong mga puso, kayo ay hindi makapapasok sa kapahingahan ng Panginoon; kaya nga, ang inyong kasamaan ang magbubunsod sa kanya na kanyang ipadama ang kanyang poot sa inyo, kagaya ng unang pagkakabunsod, oo, alinsunod sa kanyang salita sa huling pagkakabunsod kagaya noong una, tungo sa walang hanggang pagkawasak ng inyong mga kaluluwa; anupa't, alinsunod sa kanyang salita, hanggang sa huling pagkamatay kagaya rin noong una.

37 At ngayon, aking mga kapatid, nakikitang nalalaman namin ang mga bagay na ito, at ang mga yaon ay totoo, tayo ay magsisi, at huwag patigasin ang ating mga puso, upang hindi natin mabunsuran ang Panginoon nating Diyos na ipadama sa atin ang kanyang poot dito sa kanyang pangalawang kautusan na ibinigay sa atin; kundi pumasok tayo sa kapahingahan ng Diyos, na inihanda ayon sa kanyang salita.

And now, my brethren, behold I say unto you, that if ye will harden your hearts ye shall not enter into the rest of the Lord; therefore your iniquity provoketh him that he sendeth down his wrath upon you as in the first provocation, yea, according to his word in the last provocation as well as the first, to the everlasting destruction of your souls; therefore, according to his word, unto the last death, as well as the first.

And now, my brethren, seeing we know these things, and they are true, let us repent, and harden not our hearts, that we provoke not the Lord our God to pull down his wrath upon us in these his second commandments which he has given unto us; but let us enter into the rest of God, which is prepared according to his word.

## Alma 13

- 1 At muli, mga kapatid ko, aking itutuon ang inyong mga isipan pabalik sa panahon nang ibigay ng Panginoong Diyos ang mga kautusang ito sa kanyang mga anak; at nais kong inyong tandaan na ang Panginoong Diyos ay nag-orden ng mga saserdote alinsunod sa kanyang banal na orden, na alinsunod sa orden ng kanyang Anak, upang ituro ang mga bagay na ito sa mga tao.
- 2 At yaong mga saserdote ay inordenan alinsunod sa orden ng kanyang Anak, sa isang kaparaanang malalaman ng mga tao sa paanong paraan aasa sa kanyang Anak upang matubos.
- 3 At ito ang pamamaraan kung paano sila inordenan—tinawag at inihanda mula pa sa pagkakatatag ng daigdig alinsunod sa kaalaman ng Diyos sa mula't mula pa, dahil sa kanilang labis na pananampalataya at mabubuting gawa; sa simula pa ay hinayaang mamili sa mabuti o masama; kaya nga, sila na pumili ng mabuti, at nagpapairal ng labis na pananampalataya, ay tinatawag sa banal na tungkulin, oo, sa yaong banal na tungkulin na inihanda lakip, at naaayon sa, isang panimulang pagtubos na nauukol doon.
- 4 At sa gayon sila tinawag sa banal na tungkuling ito dahil sa kanilang pananampalataya, samantalang ang iba ay tinatanggihan ang Espiritu ng Diyos dahil sa katigasan ng kanilang mga puso at kabulagan ng kanilang mga isipan, samantalang, kung hindi dahil dito, sila sana ay nagkaroon ng malaking pribilehiyo na tulad ng kanilang mga kapatid.
- 5 O sa madaling salita, sa simula pa sila ay nasa gayon ding kalagayan na tulad ng kanilang mga kapatid; kung gayon, ang banal na tungkuling ito na inihanda mula pa sa pagkakatatag ng daigdig ay para sa mga yaong hindi magpapatigas ng kanilang mga puso, na nasa at sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ng Bugtong na Anak, na inihanda—
- 6 At sa gayong pagkakatawag ng banal na tungkuling ito, at inordenan sa mataas na pagkasaserdote ng banal na orden ng Diyos, na ituro ang kanyang mga kautusan sa mga anak ng tao, upang sila rin ay makapasok sa kanyang kapahingahan—

## Alma 13

And again, my brethren, I would cite your minds forward to the time when the Lord God gave these commandments unto his children; and I would that ye should remember that the Lord God ordained priests, after his holy order, which was after the order of his Son, to teach these things unto the people.

And those priests were ordained after the order of his Son, in a manner that thereby the people might know in what manner to look forward to his Son for redemption.

And this is the manner after which they were ordained—being called and prepared from the foundation of the world according to the foreknowledge of God, on account of their exceeding faith and good works; in the first place being left to choose good or evil; therefore they having chosen good, and exercising exceedingly great faith, are called with a holy calling, yea, with that holy calling which was prepared with, and according to, a preparatory redemption for such.

And thus they have been called to this holy calling on account of their faith, while others would reject the Spirit of God on account of the hardness of their hearts and blindness of their minds, while, if it had not been for this they might have had as great privilege as their brethren.

Or in fine, in the first place they were on the same standing with their brethren; thus this holy calling being prepared from the foundation of the world for such as would not harden their hearts, being in and through the atonement of the Only Begotten Son, who was prepared—

And thus being called by this holy calling, and ordained unto the high priesthood of the holy order of God, to teach his commandments unto the children of men, that they also might enter into his rest—

- 7 Itong mataas na pagkasaserdote na alinsunod sa orden ng kanyang Anak, kung aling orden ay mula pa sa pagkakatatag ng daigdig; o sa ibang salita, walang simula ng mga araw o katapusan ng mga taon, na inihanda mula sa kawalang-hanggan hanggang sa kawalang-hanggan, alinsunod sa kanyang kaalaman sa mula't mula pa ng lahat ng bagay—
- 8 Ngayon, sila ay inordenan alinsunod sa pamamaraang ito—tinawag sa banal na tungkulin, at inordenan sa banal na ordenansa, at tinataglay sa kanila ang mataas na pagkasaserdote ng banal na orden, kung aling tungkulin, at ordenansa, at mataas na pagkasaserdote, ay walang simula o katapusan—
- 9 Sa gayon sila naging matataas na saserdote magpakailanman, alinsunod sa orden ng Anak, ang Bugtong ng Ama, na walang simula ng mga araw o katapusan ng mga taon, na puspos ng biyaya, katarungan, at katotohanan. At sa gayon nga ito. Amen.
- 10 Ngayon, tulad ng sinabi ko hinggil sa banal na orden, o sa mataas na pagkasaserdoteng ito, marami na ang naordenan at naging matataas na saserdote ng Diyos; at ito ay dahil sa kanilang labis na pananampalataya at pagsisisi, at sa kanilang kabutihan sa harapan ng Diyos, sila na pumipiling magsisi at gumawa ng kabutihan kaysa sa masawi;
- 11 Kaya nga, sila ay tinawag alinsunod sa banal na orden na ito, at pinabanal, at ang kanilang mga kasuotan ay nahugasang maputi sa pamamagitan ng dugo ng Kordero.
- 12 Ngayon sila, matapos na pabanal ng Espiritu Santo, na ginawang maputi ang kanilang mga kasuotan, mga dalisay at walang bahid-dungis sa harapan ng Diyos, ay hindi makatitingin sa kasalanan maliban nang may kapootan; at marami, labis na napakarami, ang ginawang dalisay at nakapasok sa kapahingahan ng Panginoon nilang Diyos.
- 13 At ngayon, mga kapatid ko, nais kong kayo ay magpakumbaba ng inyong sarili sa harapan ng Diyos, at mamunga ng bunga na karapat-dapat sa pagsisisi, upang kayo rin ay makapasok sa kapahingahang yaon.

This high priesthood being after the order of his Son, which order was from the foundation of the world; or in other words, being without beginning of days or end of years, being prepared from eternity to all eternity, according to his foreknowledge of all things—

Now they were ordained after this manner—being called with a holy calling, and ordained with a holy ordinance, and taking upon them the high priesthood of the holy order, which calling, and ordinance, and high priesthood, is without beginning or end—

Thus they become high priests forever, after the order of the Son, the Only Begotten of the Father, who is without beginning of days or end of years, who is full of grace, equity, and truth. And thus it is. Amen.

Now, as I said concerning the holy order, or this high priesthood, there were many who were ordained and became high priests of God; and it was on account of their exceeding faith and repentance, and their righteousness before God, they choosing to repent and work righteousness rather than to perish;

Therefore they were called after this holy order, and were sanctified, and their garments were washed white through the blood of the Lamb.

Now they, after being sanctified by the Holy Ghost, having their garments made white, being pure and spotless before God, could not look upon sin save it were with abhorrence; and there were many, exceedingly great many, who were made pure and entered into the rest of the Lord their God.

And now, my brethren, I would that ye should humble yourselves before God, and bring forth fruit meet for repentance, that ye may also enter into that rest.

- 14 Oo, magpakumbaba kayo sa inyong sarili maging tulad ng mga tao noong mga araw ni Melquisedec, na isa ring mataas na saserdote alinsunod sa yaon ding orden na aking sinabi, na tinaglay rin sa kanyang sarili ang mataas na pagkasaserdote magpakailanman.
- 15 At sa ito ring Melquisedec na ito kung kanino nagbayad si Abraham ng ikasampung bahagi; oo, maging ang ating amang si Abraham ay nagbayad ng ikasampung bahagi ng lahat ng kanyang pag-aari.
- 16 Ngayon, ang mga ordenansang ito ay ibinigay alinsunod sa pamamaraang ito, nang sa gayon ang mga tao ay umasa sa Anak ng Diyos, ito na isang sagisag ng kanyang orden, o bilang kanyang orden, at ito ay upang umasa sila sa kanya para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan, upang sila ay makapasok sa kapahingahan ng Panginoon.
- 17 Ngayon, itong si Melquisedec ay isang hari sa lupain ng Salem; at ang kanyang mga tao ay naging malakas sa kasamaan at karumal-dumal na gawain; oo, silang lahat ay nangaligaw; sila ay napuspos ng lahat ng uri ng kasamaan;
- 18 Subalit si Melquisedec na pinairal ang malakas na pananampalataya, at tumanggap ng tungkulin ng mataas na pagkasaserdote alinsunod sa banal na orden ng Diyos, ay nangaral ng pagsisisi sa kanyang mga tao. At masdan, sila ay nagsisi; at naitatag ni Melquisedec ang kapayapaan sa lupain noong kanyang mga araw; kaya nga, siya ay tinawag na prinsipe ng kapayapaan, sapagkat siya ang hari ng Salem; at siya ay namahala sa ilalim ng kanyang ama.
- 19 Ngayon, marami na ang nauna sa kanya, at gayon din marami pa ang sumunod, subalit walang kasingdakila; anupa't tungkol sa kanya, sila ay higit na maraming binabanggit.
- 20 Ngayon hindi ko na kailangan pang ulitin ang bagay na ito; ano man ang nasabi ko na ay makasasapat na. Masdan, ang mga banal na kasulatan ay nasa inyong harapan; kung kayo ay sasalungat sa mga ito, yaon ay tungo sa inyong pagkalipol.

Yea, humble yourselves even as the people in the days of Melchizedek, who was also a high priest after this same order which I have spoken, who also took upon him the high priesthood forever.

And it was this same Melchizedek to whom Abraham paid tithes; yea, even our father Abraham paid tithes of one-tenth part of all he possessed.

Now these ordinances were given after this manner, that thereby the people might look forward on the Son of God, it being a type of his order, or it being his order, and this that they might look forward to him for a remission of their sins, that they might enter into the rest of the Lord.

Now this Melchizedek was a king over the land of Salem; and his people had waxed strong in iniquity and abomination; yea, they had all gone astray; they were full of all manner of wickedness;

But Melchizedek having exercised mighty faith, and received the office of the high priesthood according to the holy order of God, did preach repentance unto his people. And behold, they did repent; and Melchizedek did establish peace in the land in his days; therefore he was called the prince of peace, for he was the king of Salem; and he did reign under his father.

Now, there were many before him, and also there were many afterwards, but none were greater; therefore, of him they have more particularly made mention.

Now I need not rehearse the matter; what I have said may suffice. Behold, the scriptures are before you; if ye will wrest them it shall be to your own destruction.

- 21 At ngayon ito ay nangyari na, nang sabihin ni Alma ang mga salitang ito sa kanila, ay iniinat niya ang kanyang kamay sa kanila at sumigaw sa malakas na tinig, sinasabing: Ngayon na ang panahon upang magsisi, sapagkat ang araw ng kaligtasan ay nalalapit na;
- 22 Oo, at ang tinig ng Panginoon, sa pamamagitan ng bibig ng mga anghel, ay ipinahahayag ito sa lahat ng bansa; oo, ipinahahayag ito, upang sila ay magkaroon ng masayang balita ng labis na kagalakan; oo, at kanilang ipinarating ang masasayang balitang ito sa lahat ng kanyang mga tao, oo, maging sa kanila na malawakang nakakalat sa balat ng lupa; kaya nga, sila ay nagpahayag sa amin.
- 23 At ipinaalam nila sa amin sa malinaw na pananalita, upang kami ay makaunawa, upang kami ay hindi magkamali; at ito ay dahil sa ating pagiging mga palaboy sa isang di kilalang lupain; kaya nga, sa gayon tayo labis na pinagpala, sapagkat nasa atin ang masasayang balitang ito na ipinahayag sa atin sa lahat ng dako ng ating ubasan.
- 24 Sapagkat masdan, ang mga anghel ay ipinahahayag ito sa marami sa panahong ito sa ating lupain; at ito ay para sa layuning maihanda ang mga puso ng mga anak ng tao na tanggapin ang kanyang salita sa panahon ng kanyang pagparito sa kanyang kaluwalhatian.
- 25 At ngayon, tayo ay naghihintay lamang na marinig ang mga balita ng kagalakan na ipinahayag sa atin ng bibig ng mga anghel, tungkol sa kanyang pagparito; sapagkat darating ang panahon, hindi namin nalalaman kung gaano kadali. Ang samo sa Diyos na ito nawa'y sa aking araw; subalit hayaan ito sa malao't madali, dito ako'y magagalak.
- 26 At ito ay gagawing ipaalam sa makatarungan at mga banal na tao, ng bibig ng mga anghel, sa panahon ng kanyang pagparito, upang ang mga salita ng ating mga ama ay matupad, alinsunod sa yaong kanilang sinabi hinggil sa kanya, na alinsunod sa diwa ng propesiya na nasa kanila.

And now it came to pass that when Alma had said these words unto them, he stretched forth his hand unto them and cried with a mighty voice, saying: Now is the time to repent, for the day of salvation draweth nigh;

Yea, and the voice of the Lord, by the mouth of angels, doth declare it unto all nations; yea, doth declare it, that they may have glad tidings of great joy; yea, and he doth sound these glad tidings among all his people, yea, even to them that are scattered abroad upon the face of the earth; wherefore they have come unto us.

And they are made known unto us in plain terms, that we may understand, that we cannot err; and this because of our being wanderers in a strange land; therefore, we are thus highly favored, for we have these glad tidings declared unto us in all parts of our vineyard.

For behold, angels are declaring it unto many at this time in our land; and this is for the purpose of preparing the hearts of the children of men to receive his word at the time of his coming in his glory.

And now we only wait to hear the joyful news declared unto us by the mouth of angels, of his coming; for the time cometh, we know not how soon. Would to God that it might be in my day; but let it be sooner or later, in it I will rejoice.

And it shall be made known unto just and holy men, by the mouth of angels, at the time of his coming, that the words of our fathers may be fulfilled, according to that which they have spoken concerning him, which was according to the spirit of prophecy which was in them.

- 27 At ngayon, mga kapatid ko, hinihiling ko mula sa kaibuturan ng aking puso, oo, lakip ang labis na pagkabahala maging sa pasakit, na kayo ay makinig sa aking mga salita, at iwaksi ang inyong mga kasalanan, at huwag ipagpaliban ang araw ng inyong pagsisisi;
- 28 Kundi ang kayo ay magpakumbaba ng inyong sarili sa harapan ng Panginoon, at manawagan sa kanyang banal na pangalan, at magbantay at patuloy na manalangin, upang kayo ay hindi matukso nang higit sa inyong makakaya, at sa gayon ay akayin ng Banal na Espiritu, magiging mapagpakumbaba, maamo, masunurin, mapagtiis, puspos ng pag-ibig at mahabang pagtitiis;
- 29 May pananampalataya sa Panginoon; may pag-asa na kayo ay makatatanggap ng buhay na walang hanggan; may pag-ibig sa Diyos tuwina sa inyong mga puso, upang kayo ay dakilain sa huling araw at makapasok sa kanyang kapahingahan.
- 30 At nawa'y ipagkaloob sa inyo ng Panginoon ang pagsisisi, upang hindi ninyo madalang pababa ang kanyang poot sa inyo, upang kayo ay hindi maigapos pababa ng mga tanikala ng impiyerno, upang kayo ay hindi magdusa ng ikalawang kamatayan.
- 31 At nangusap si Alma ng marami pang salita sa mga tao, na hindi nasusulat sa aklat na ito.
- And now, my brethren, I wish from the inmost part of my heart, yea, with great anxiety even unto pain, that ye would hearken unto my words, and cast off your sins, and not procrastinate the day of your repentance;
- But that ye would humble yourselves before the Lord, and call on his holy name, and watch and pray continually, that ye may not be tempted above that which ye can bear, and thus be led by the Holy Spirit, becoming humble, meek, submissive, patient, full of love and all long-suffering;
- Having faith on the Lord; having a hope that ye shall receive eternal life; having the love of God always in your hearts, that ye may be lifted up at the last day and enter into his rest.
- And may the Lord grant unto you repentance, that ye may not bring down his wrath upon you, that ye may not be bound down by the chains of hell, that ye may not suffer the second death.
- And Alma spake many more words unto the people, which are not written in this book.



## Alma 14

- 1 At ito ay nangyari na, nang matapos siya sa pagsasalita sa mga tao na marami sa kanila ang naniwala sa kanyang mga salita, at nagsimulang magsisi, at saliksikin ang mga banal na kasulatan.
- 2 Subalit ang nakararami sa kanila ay nagnais na kanilang mapatay sina Alma at Amulek; sapagkat sila ay nagalit kay Alma, dahil sa kalinawan ng kanyang mga salita kay Zisrom; at sinabi rin nilang si Amulek ay nagsinungaling sa kanila, at nilait ang kanilang batas at gayon din ang kanilang mga manananggol at hukom.
- 3 At sila rin ay nagalit kina Alma at Amulek; at dahil sa sila ay nagpatotoo nang napakalinaw laban sa kanilang kasamaan, hinangad nilang patayin sila nang palihim.
- 4 Subalit ito ay nangyari na, na ito ay hindi nila nagawa; kundi kanilang dinakip sila at iginapos sila ng matitibay na lubid, at dinala sila sa harapan ng punong hukom ng lupain.
- 5 At ang mga tao ay humayo at sumaksi laban sa kanila—nagpapatotoo na nilait nila ang batas, at ang kanilang mga manananggol at hukom sa lupain, at gayon din ang lahat ng taong nasa lupain; at nagpatotoo ring may isang Diyos lamang, at na isusugo niya ang kanyang Anak sa mga tao, subalit hindi niya ililigtas sila; at maraming gayong bagay ang pinatotohanan ng mga tao laban kina Alma at Amulek. Ngayon, ito ay naganap sa harapan ng punong hukom ng lupain.
- 6 At ito ay nangyari na, na si Zisrom ay nanggilalas sa mga salitang sinabi; at kanya ring nalaman ang hinggil sa kabulagan ng mga isipan, na kanyang pinapangyari sa mga tao sa pamamagitan ng kanyang mga salita ng kasinungalingan; at ang kanyang kaluluwa ay nagsimulang masugatan sa ilalim ng kaalaman ng kanyang sariling pagkakasala; oo, siya ay sinimulang palibutan ng mga pasakit ng impierno.

## Alma 14

And it came to pass after he had made an end of speaking unto the people many of them did believe on his words, and began to repent, and to search the scriptures.

But the more part of them were desirous that they might destroy Alma and Amulek; for they were angry with Alma, because of the plainness of his words unto Zeezrom; and they also said that Amulek had lied unto them, and had reviled against their law and also against their lawyers and judges.

And they were also angry with Alma and Amulek; and because they had testified so plainly against their wickedness, they sought to put them away privily.

But it came to pass that they did not; but they took them and bound them with strong cords, and took them before the chief judge of the land.

And the people went forth and witnessed against them—testifying that they had reviled against the law, and their lawyers and judges of the land, and also of all the people that were in the land; and also testified that there was but one God, and that he should send his Son among the people, but he should not save them; and many such things did the people testify against Alma and Amulek. Now this was done before the chief judge of the land.

And it came to pass that Zeezrom was astonished at the words which had been spoken; and he also knew concerning the blindness of the minds, which he had caused among the people by his lying words; and his soul began to be harrowed up under a consciousness of his own guilt; yea, he began to be encircled about by the pains of hell.

- 7 At ito ay nangyari na, na siya ay nagsimulang manawagan sa mga tao, sinasabing: Masdan, ako ang may sala, at ang mga taong ito ay walang bahid-dungis sa harapan ng Diyos. At siya ay nagsimulang magmakaawa para sa kanila mula sa panahong yaon; subalit kanilang nilait siya, sinasabing: Ikaw rin ba ay nasapian na ng diyablo? At kanilang dinuraan siya, at itinaboy siyang palabas mula sa kanila, at gayon din ang lahat ng yaong naniwala sa mga salitang sinabi nina Alma at Amulek; at kanilang itinaboy sila, at nagsugo ng mga tao upang magpukol ng mga bato sa kanila.
- 8 At pinagsama-sama nila ang kanilang mga asawa at anak, at sino man ang naniwala o naturuan upang maniwala sa salita ng Diyos ay pinapangyari nila na sila'y itapon sa apoy; at kinuha rin nila ang kanilang mga talaan na naglalaman ng mga banal na kasulatan, at itinaon din ang mga ito sa apoy, upang ang mga ito ay matupok at mawasak ng apoy.
- 9 At ito ay nangyari na, na kanilang dinakip sina Alma at Amulek, at dinala sila sa lugar ng pagkamartir, upang masaksihan nila ang pagkalipol ng mga yaong tinutupok ng apoy.
- 10 At nang makita ni Amulek ang mga pasakit ng kababaihan at maliliit na bata na natutupok ng apoy, siya rin ay nasaktan; at sinabi niya kay Alma: Paanong nasasaksihan natin ang nakapanghihilakbot na tagpong ito? Kaya nga iunat natin ang ating mga kamay, at gamitin ang kapangyarihan ng Diyos na nasa atin, at iligtas sila mula sa mga ningas.
- 11 Subalit sinabi sa kanya ni Alma: Ang Espiritu ay pinipigilan ako na hindi ko kailangang iunat ang aking kamay; sapagkat masdan, tinatanggap sila ng Panginoon sa kanyang sarili, sa kaluwalhatian; at pinahihintulutan niyang gawin nila ang bagay na ito o ang magawa ng mga tao ang bagay na ito sa kanila, alinsunod sa katigasan ng kanilang mga puso, upang ang kahatulang gagawin niya sa kanila sa kanyang kapootan ay maging makatarungan; at ang dugo ng walang sala ay tatayong saksi laban sa kanila, oo, at malakas na daraing laban sa kanila sa huling araw.
- 12 Ngayon sinabi ni Amulek kay Alma: Masdan, marahil tayo ay susunugin din nila.

And it came to pass that he began to cry unto the people, saying: Behold, I am guilty, and these men are spotless before God. And he began to plead for them from that time forth; but they reviled him, saying: Art thou also possessed with the devil? And they spit upon him, and cast him out from among them, and also all those who believed in the words which had been spoken by Alma and Amulek; and they cast them out, and sent men to cast stones at them.

And they brought their wives and children together, and whosoever believed or had been taught to believe in the word of God they caused that they should be cast into the fire; and they also brought forth their records which contained the holy scriptures, and cast them into the fire also, that they might be burned and destroyed by fire.

And it came to pass that they took Alma and Amulek, and carried them forth to the place of martyrdom, that they might witness the destruction of those who were consumed by fire.

And when Amulek saw the pains of the women and children who were consuming in the fire, he also was pained; and he said unto Alma: How can we witness this awful scene? Therefore let us stretch forth our hands, and exercise the power of God which is in us, and save them from the flames.

But Alma said unto him: The Spirit constraineth me that I must not stretch forth mine hand; for behold the Lord receiveth them up unto himself, in glory; and he doth suffer that they may do this thing, or that the people may do this thing unto them, according to the hardness of their hearts, that the judgments which he shall exercise upon them in his wrath may be just; and the blood of the innocent shall stand as a witness against them, yea, and cry mightily against them at the last day.

Now Amulek said unto Alma: Behold, perhaps they will burn us also.

- 13 At sinabi ni Alma: Ito ay alinsunod sa kalooban ng Panginoon. Subalit, masdan, ang ating gawain ay hindi pa natatapos; kaya nga, tayo ay hindi nila susunugin.
- 14 Ngayon ito ay nangyari na, nang ang mga katawan ng mga yaong itinaapon sa apoy ay natupok na, at gayon din ang mga talaang itinaapon na kasama nila, ang punong hukom ay dumating at tumindig sa harapan nina Alma at Amulek, habang sila ay nakagapos; at sinampal niya ng kanyang kamay ang kanilang mga pisngi, at sinabi sa kanila: Matapos ang inyong nakita, kayo ba ay mangangaral na muli sa mga taong ito, upang sila ay itaapon sa lawa ng apoy at asupre?
- 15 Masdan, inyong nakita na kayo'y walang kapangyarihang iligtas ang mga yaong itinaapon sa apoy; ni ang iligtas sila ng Diyos dahil sa sila ay inyong kasampalataya. At muli silang sinampal ng hukom sa kanilang mga pisngi, at nagtanong: Ano ang masasabi ninyo para sa inyong sarili?
- 16 Ngayon, ang hukom na ito ay alinsunod sa orden at pananampalataya ni Nehor, na siyang pumatay kay Gedeon.
- 17 At ito ay nangyari na, na sina Alma at Amulek ay walang itinugon sa kanya; at muli niyang sinampal sila, at ibinigay sila sa mga pinuno upang itaapon sa bilangguan.
- 18 At nang naitaapon na sila sa bilangguan ng tatlong araw, dumating ang maraming manananggol, at mga hukom, at saserdote, at guro, na nasa katungkulan ni Nehor; at sila'y pumasok sa bilangguan upang makita sila, at kanilang tinanong sila tungkol sa maraming salita; subalit wala silang itinugon sa kanila.
- 19 At ito ay nangyari na, na ang hukom ay tumindig sa kanilang harapan, at nagsabi: Bakit hindi ninyo tugunin ang mga salita ng mga taong ito? Hindi ba ninyo nalalaman na may kapangyarihan akong iligtas kayo sa mga ningas? At inutusan niya silang magsalita; subalit wala silang itinugon.

And Alma said: Be it according to the will of the Lord. But, behold, our work is not finished; therefore they burn us not.

Now it came to pass that when the bodies of those who had been cast into the fire were consumed, and also the records which were cast in with them, the chief judge of the land came and stood before Alma and Amulek, as they were bound; and he smote them with his hand upon their cheeks, and said unto them: After what ye have seen, will ye preach again unto this people, that they shall be cast into a lake of fire and brimstone?

Behold, ye see that ye had not power to save those who had been cast into the fire; neither has God saved them because they were of thy faith. And the judge smote them again upon their cheeks, and asked: What say ye for yourselves?

Now this judge was after the order and faith of Nehor, who slew Gideon.

And it came to pass that Alma and Amulek answered him nothing; and he smote them again, and delivered them to the officers to be cast into prison.

And when they had been cast into prison three days, there came many lawyers, and judges, and priests, and teachers, who were of the profession of Nehor; and they came in unto the prison to see them, and they questioned them about many words; but they answered them nothing.

And it came to pass that the judge stood before them, and said: Why do ye not answer the words of this people? Know ye not that I have power to deliver you up unto the flames? And he commanded them to speak; but they answered nothing.

- 20 At ito ay nangyari na, na sila'y nagsilisan at nagtungo sa kani-kanilang landas, subalit muling nagsibalik kinabukasan; at muli rin silang sinampal sa pisngi ng hukom. At marami rin ang nagsidating, at sinampal sila, sinasabing: Kayo ba'y muling titindig, at hahatulan ang mga taong ito, at tutuligsain ang aming batas? Kung kayo'y may gayong kalakas na kapangyarihan bakit hindi ninyo iligtas ang inyong sarili?
- 21 At maraming gayong bagay ang sinabi nila sa kanila, pinagngangalit ang kanilang mga ngipin sa kanila, at dinuduraan sila, at sinasabing: Ano ang magiging anyo namin kapag kami ay isinumpa?
- 22 At maraming gayong bagay, oo, lahat ng uri ng gayong bagay ay sinabi nila sa kanila; at sa gayon kanilang kinutya sila nang maraming araw. At ipinagkait nila ang pagkain sa kanila upang sila'y magutom, at tubig upang sila'y mauhaw; at kinuha rin nila mula sa kanila ang mga kasuotan nila kung kaya't sila'y nakahubad; at sa gayon sila iginapos nang matitibay na lubid, at ipiniit sa bilangguan.
- 23 At ito ay nangyari na, na matapos silang magdusa nang gayon nang maraming araw, (at ito ay sa ikalabindalawang araw, sa ikasampung buwan, sa ikasampung taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi) na ang punong hukom ng lupain ng Ammonihah at marami sa kanilang mga guro at manananggol ay pumasok sa bilangguan kung saan sina Alma at Amulek ay nagagapos ng mga lubid.
- 24 At ang punong hukom ay tumindig sa kanilang harapan, at muli silang sinampal, at sinabi sa kanila: Kung taglay ninyo ang kapangyarihan ng Diyos ay pawalan ninyo ang inyong sarili mula sa pagkakagapos na ito, at sa gayon kami ay maniniwalang lilipulin ng Panginoon ang mga taong ito alinsunod sa inyong mga salita.
- 25 At ito ay nangyari na, na silang lahat ay lumapit at sinampal sila, sinasabi ang gayon ding mga salita, maging hanggang sa huli; at nang ang huli ay nakapagsalita na sa kanila, ang kapangyarihan ng Diyos ay napasakina Alma at Amulek, at sila'y bumangon at tumindig sa kanilang mga paa.

And it came to pass that they departed and went their ways, but came again on the morrow; and the judge also smote them again on their cheeks. And many came forth also, and smote them, saying: Will ye stand again and judge this people, and condemn our law? If ye have such great power why do ye not deliver yourselves?

And many such things did they say unto them, gnashing their teeth upon them, and spitting upon them, and saying: How shall we look when we are damned?

And many such things, yea, all manner of such things did they say unto them; and thus they did mock them for many days. And they did withhold food from them that they might hunger, and water that they might thirst; and they also did take from them their clothes that they were naked; and thus they were bound with strong cords, and confined in prison.

And it came to pass after they had thus suffered for many days, (and it was on the twelfth day, in the tenth month, in the tenth year of the reign of the judges over the people of Nephi) that the chief judge over the land of Ammonihah and many of their teachers and their lawyers went in unto the prison where Alma and Amulek were bound with cords.

And the chief judge stood before them, and smote them again, and said unto them: If ye have the power of God deliver yourselves from these bands, and then we will believe that the Lord will destroy this people according to your words.

And it came to pass that they all went forth and smote them, saying the same words, even until the last; and when the last had spoken unto them the power of God was upon Alma and Amulek, and they rose and stood upon their feet.

- 26 At si Alma ay nagsumamo, sinasabing: Gaano katagal kaming magdaranas ng labis na mga pagpapahirap na ito, O Panginoon? O Panginoon, bigyan kami ng lakas alinsunod sa aming pananampalataya na na kay Cristo, maging tungo sa kaligtasan. At nilagot nila ang mga lubid na gumagapos sa kanila; at nang makita ito ng mga tao, sila'y nagsimulang magsipanakbuan, sapagkat ang takot sa pagkalipol ay nanaig sa kanila.
- 27 At ito ay nangyari na, na sa laki ng kanilang takot sila'y nalugmok sa lupa, at hindi na narating pa ang panlabas na pintuan ng bilangguan; at ang lupa ay nayanig nang malakas, at ang mga pader ng bilangguan ay nahati sa dalawa, kung kaya't ang mga ito ay bumagsak sa lupa; at ang punong hukom, at ang mga manananggol, at saserdote, at guro, na sumampal kina Alma at Amulek, ay nangamatay sa pagbagsak na yaon.
- 28 At sina Alma at Amulek ay humayong palabas ng bilangguan, at sila'y hindi nasaktan; sapagkat pinagkalooban sila ng Panginoon ng kapangyarihan, alinsunod sa kanilang pananampalataya na na kay Cristo. At sila'y kaagad na humayong palabas ng bilangguan; at sila'y nakalagan mula sa kanilang pagkakagapos; at ang bilangguan ay bumagsak sa lupa, at lahat ng tao sa loob ng mga pader niyon, maliban kina Alma at Amulek, ay nangamatay; at sila'y kaagad na nagtungo sa lunsod.
- 29 Ngayon, nang marinig ng mga tao ang malakas na ingay ay sama-samang nagtakbuan ang maraming tao upang alamin ang sanhi nito; at nang makita nila sina Alma at Amulek na lumalabas ng bilangguan, at na ang mga pader niyon ay nagbagsakan sa lupa, sila ay nakadama ng malaking takot, at nagsipanakbuan mula sa harapan nina Alma at Amulek maging tulad ng isang kambing na tumatakas kasama ang kanyang anak mula sa dalawang leon; at sa gayon sila nagsipanakbuan mula sa harapan nina Alma at Amulek.

And Alma cried, saying: How long shall we suffer these great afflictions, O Lord? O Lord, give us strength according to our faith which is in Christ, even unto deliverance. And they broke the cords with which they were bound; and when the people saw this, they began to flee, for the fear of destruction had come upon them.

And it came to pass that so great was their fear that they fell to the earth, and did not obtain the outer door of the prison; and the earth shook mightily, and the walls of the prison were rent in twain, so that they fell to the earth; and the chief judge, and the lawyers, and priests, and teachers, who smote upon Alma and Amulek, were slain by the fall thereof.

And Alma and Amulek came forth out of the prison, and they were not hurt; for the Lord had granted unto them power, according to their faith which was in Christ. And they straightway came forth out of the prison; and they were loosed from their bands; and the prison had fallen to the earth, and every soul within the walls thereof, save it were Alma and Amulek, was slain; and they straightway came forth into the city.

Now the people having heard a great noise came running together by multitudes to know the cause of it; and when they saw Alma and Amulek coming forth out of the prison, and the walls thereof had fallen to the earth, they were struck with great fear, and fled from the presence of Alma and Amulek even as a goat fleeth with her young from two lions; and thus they did flee from the presence of Alma and Amulek.

## Alma 15

- 1 At ito ay nangyari na, na sina Alma at Amulek ay inutusang lisanin ang lunsod na yaon; at sila'y lumisan, at nagtungo maging sa lupain ng Sidom; at masdan, doo'y natagpuan nila ang lahat ng taong nagsilisan sa lupain ng Ammonihah, na mga itinaboy at pinagbabato, dahil sa sila ay naniwala sa mga salita ni Alma.
- 2 At isinalaysay nila sa kanila ang lahat ng nangyari sa kanilang mga asawa at anak, at hinggil din sa kanilang sarili, at ang kapangyarihan ng kanilang pagkakaligtas.
- 3 At gayon din si Zisrom ay may karamdaman sa Sidom, inaapoy ng lagnat, sanhi ng labis na mga paghihirap ng kanyang isipan dahil sa kasamaan niya, sapagkat inakala niyang wala na sina Alma at Amulek; at inakala niyang sila'y napatay dahil sa kanyang kasamaan. At ang malaking kasalananang ito, at marami sa iba pa niyang mga kasalanan ay nagpapahirap sa kanyang isipan hanggang sa ito'y maging napakasidhi, na walang pagkakahango; sa gayong dahilan siya ay nagsimulang mapaso ng nag-aapoy na init.
- 4 Ngayon, nang marinig niya na sina Alma at Amulek ay nasa lupain ng Sidom, ang kanyang puso'y nagsimulang magkalakas-loob; at kaagad siyang nagpadala ng mensahe sa kanila, nagnanais na sila ay magsadya sa kanya.
- 5 At ito ay nangyari na, na kaagad silang nagsadya, sinusunod ang mensaheng ipinadala niya sa kanila; at sila'y pumasok sa tahanan patungo kay Zisrom; at kanilang natagpuan siya sa kanyang higaan, na may karamdaman, labis na nanghihina at inaapoy ng lagnat; at ang isipan niya'y labis na naghihirap din dahil sa kanyang mga kasamaan; at nang kanyang makita sila ay iniunat niya ang kanyang kamay, at nagsumamo sa kanila na pagalingin nila siya.
- 6 At ito ay nangyari na, na sinabi sa kanya ni Alma, habang inaalalayan siya sa kamay: Naniniwala ka ba sa kapangyarihan ni Cristo tungo sa kaligtasan?
- 7 At tumugon siya at nagsabi: Oo, naniniwala ako sa lahat ng salitang iyong itinuro.
- 8 At sinabi ni Alma: Kung naniniwala ka sa pagtubos ni Cristo ay gagaling ka.

## Alma 15

And it came to pass that Alma and Amulek were commanded to depart out of that city; and they departed, and came out even into the land of Sidom; and behold, there they found all the people who had departed out of the land of Ammonihah, who had been cast out and stoned, because they believed in the words of Alma.

And they related unto them all that had happened unto their wives and children, and also concerning themselves, and of their power of deliverance.

And also Zeezrom lay sick at Sidom, with a burning fever, which was caused by the great tribulations of his mind on account of his wickedness, for he supposed that Alma and Amulek were no more; and he supposed that they had been slain because of his iniquity. And this great sin, and his many other sins, did harrow up his mind until it did become exceedingly sore, having no deliverance; therefore he began to be scorched with a burning heat.

Now, when he heard that Alma and Amulek were in the land of Sidom, his heart began to take courage; and he sent a message immediately unto them, desiring them to come unto him.

And it came to pass that they went immediately, obeying the message which he had sent unto them; and they went in unto the house unto Zeezrom; and they found him upon his bed, sick, being very low with a burning fever; and his mind also was exceedingly sore because of his iniquities; and when he saw them he stretched forth his hand, and besought them that they would heal him.

And it came to pass that Alma said unto him, taking him by the hand: Believest thou in the power of Christ unto salvation?

And he answered and said: Yea, I believe all the words that thou hast taught.

And Alma said: If thou believest in the redemption of Christ thou canst be healed.

- 9 At sinabi niya: Oo, naniniwala ako alinsunod sa iyong mga salita.
- 10 At pagkatapos si Alma ay nagsumamo sa Panginoon, sinasabing: O Panginoon naming Diyos, kaawaan ang lalaking ito, at pagalingin siya alinsunod sa kanyang pananampalataya na na kay Cristo.
- 11 At nang sabihin ni Alma ang mga salitang ito, si Zisrom ay lumundag sa kanyang mga paa, at nagsimulang lumakad; at ito ay naganap sa labis na panggigilalas ng lahat ng tao; at lumaganap ang kaalamang ito sa lahat ng dako ng lupain ng Sidom.
- 12 At bininyagan ni Alma si Zisrom sa Panginoon; at nagsimula siyang mangaral sa mga tao sa panahong yaon.
- 13 At si Alma ay nagtatag ng isang simbahan sa lupain ng Sidom, at nagtalaga ng mga saserdote at guro sa lupain, upang magbinyag sa sino mang magnanais na mabinyagan sa Panginoon.
- 14 At ito ay nangyari na, na sila'y marami; sapagkat nangagtipon sila mula sa lahat ng dako ng Sidom, at nabinyagan.
- 15 Subalit tungkol sa mga tao na nasa lupain ng Ammonihah, sila ay nanatili pa rin na mga taong matitigas ang puso at matitigas ang leeg; at hindi sila nagsipagsisi ng kanilang mga kasalanan, ipinalalagay ang lahat ng kapangyarihan nina Alma at Amulek sa diyablo; sapagkat sila'y mula sa katungkulan ni Nehor, at hindi naniniwala sa pagsisisi ng kanilang mga kasalanan.
- 16 At ito ay nangyari na, na sina Alma at Amulek, si Amulek na iniwanan ang lahat ng kanyang ginto, at pilak, at kanyang mahahalagang bagay, na nasa lupain ng Ammonihah, para sa salita ng Diyos, siya na itinakwil ng mga yaong minsan ay kanyang mga kaibigan at gayon din ng kanyang ama at kanyang kaanak;

And he said: Yea, I believe according to thy words.

And then Alma cried unto the Lord, saying: O Lord our God, have mercy on this man, and heal him according to his faith which is in Christ.

And when Alma had said these words, Zeezrom leaped upon his feet, and began to walk; and this was done to the great astonishment of all the people; and the knowledge of this went forth throughout all the land of Sidom.

And Alma baptized Zeezrom unto the Lord; and he began from that time forth to preach unto the people.

And Alma established a church in the land of Sidom, and consecrated priests and teachers in the land, to baptize unto the Lord whosoever were desirous to be baptized.

And it came to pass that they were many; for they did flock in from all the region round about Sidom, and were baptized.

But as to the people that were in the land of Ammonihah, they yet remained a hard-hearted and a stiffnecked people; and they repented not of their sins, ascribing all the power of Alma and Amulek to the devil; for they were of the profession of Nehor, and did not believe in the repentance of their sins.

And it came to pass that Alma and Amulek, Amulek having forsaken all his gold, and silver, and his precious things, which were in the land of Ammonihah, for the word of God, he being rejected by those who were once his friends and also by his father and his kindred;

- 17 Anupa't matapos maitatag ni Alma ang simbahan sa Sidom, na nakikita ang malaking pagbabago, oo, nakikita na ang mga tao'y tumigil sa kapalaluan ng kanilang mga puso, at nagsimulang magpakumbaba ng kanilang sarili sa harapan ng Diyos, at nagsimulang sama-samang tipunin ang kanilang sarili sa kanilang mga santuwaryo upang sambahin ang Diyos sa harap ng dambana, patuloy na nagpapakatatag at nanalangin, upang sila'y maligtas mula kay Satanas, at mula sa kamatayan, at mula sa pagkalipol—
- 18 Ngayon tulad ng sinabi ko, matapos makita ni Alma ang lahat ng bagay na ito, samakatwid dinala niya si Amulek at nagtungo sa lupain ng Zarahemla, at siya ay isinama sa kanyang sariling tahanan, at tinulungan siya sa kanyang mga paghihirap, at pinalakas siya sa Panginoon.
- 19 At sa gayon nagtapos ang ikasampung taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.

Therefore, after Alma having established the church at Sidom, seeing a great check, yea, seeing that the people were checked as to the pride of their hearts, and began to humble themselves before God, and began to assemble themselves together at their sanctuaries to worship God before the altar, watching and praying continually, that they might be delivered from Satan, and from death, and from destruction—

Now as I said, Alma having seen all these things, therefore he took Amulek and came over to the land of Zarahemla, and took him to his own house, and did administer unto him in his tribulations, and strengthened him in the Lord.

And thus ended the tenth year of the reign of the judges over the people of Nephi.



## Alma 16

- 1 At ito ay nangyari na, na sa ikalabing-isang taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi, sa ikalimang araw ng ikalawang buwan, nagkaroon ng labis na kapayapaan sa lupain ng Zarahemla, hindi nagkaroon ng mga digmaan ni alitan sa loob ng ilang taon, maging hanggang sa ikalimang araw ng ikalawang buwan sa ikalabing-isang taon, na nakarinig ng sigawan ng digmaan sa lahat ng dako ng lupain.
- 2 Sapagkat masdan, ang mga hukbo ng mga Lamanita ay nakapasok sa may tagiliran ng ilang, patungo sa mga hangganan ng lupain, maging sa lunsod ng Ammonihah, at nagsimulang patayin ang mga tao at wasakin ang lunsod.
- 3 At ngayon ito ay nangyari na, na bago pa man ang mga Nephita ay makapagtipon ng sapat na hukbo upang maitaboy silang palabas ng lupain, kanila nang nalipol ang mga tao na nasa lunsod ng Ammonihah, at gayon din ang ilan na nasa palibot ng mga hangganan ng Noe, at dinalang bihag ang iba sa ilang.
- 4 Ngayon ito ay nangyari na, na ang mga Nephita ay nagnais na makuha yaong mga nadalang bihag sa ilang.
- 5 Kaya nga, siya na hinirang na punong kapitan sa mga hukbo ng mga Nephita, (at ang pangalan niya'y Zoram, at siya ay may dalawang anak na lalaki, sina Lehi at Ahas)—ngayon, si Zoram at ang kanyang dalawang anak, nalalaman na si Alma ay mataas na saserdote ng simbahan, at narinig na taglay niya ang diwa ng propesiya, kaya nga, sila ay nagsadya sa kanya at nagnais na malaman mula sa kanya kung saan sa ilang ibig ng Panginoon na magtungo sila sa paghahanap sa kanilang mga kapatid, na mga dinalang bihag ng mga Lamanita.
- 6 At ito ay nangyari na, na si Alma ay nagtanong sa Panginoon hinggil sa bagay na yaon. At si Alma ay nagbalik at sinabi sa kanila: Masdan, tatawirin ng mga Lamanita ang ilog Sidon sa timog ilang, sa kabilang ibayo ng mga hangganan ng lupain ng Manti. At masdan, doon ninyo salubungin sila, sa silangan ng ilog Sidon, at doon ibibigay ng Panginoon sa inyo ang inyong mga kapatid na dinalang bihag ng mga Lamanita.

## Alma 16

And it came to pass in the eleventh year of the reign of the judges over the people of Nephi, on the fifth day of the second month, there having been much peace in the land of Zarahemla, there having been no wars nor contentions for a certain number of years, even until the fifth day of the second month in the eleventh year, there was a cry of war heard throughout the land.

For behold, the armies of the Lamanites had come in upon the wilderness side, into the borders of the land, even into the city of Ammonihah, and began to slay the people and destroy the city.

And now it came to pass, before the Nephites could raise a sufficient army to drive them out of the land, they had destroyed the people who were in the city of Ammonihah, and also some around the borders of Noah, and taken others captive into the wilderness.

Now it came to pass that the Nephites were desirous to obtain those who had been carried away captive into the wilderness.

Therefore, he that had been appointed chief captain over the armies of the Nephites, (and his name was Zoram, and he had two sons, Lehi and Aha)—now Zoram and his two sons, knowing that Alma was high priest over the church, and having heard that he had the spirit of prophecy, therefore they went unto him and desired of him to know whither the Lord would that they should go into the wilderness in search of their brethren, who had been taken captive by the Lamanites.

And it came to pass that Alma inquired of the Lord concerning the matter. And Alma returned and said unto them: Behold, the Lamanites will cross the river Sidon in the south wilderness, away up beyond the borders of the land of Manti. And behold there shall ye meet them, on the east of the river Sidon, and there the Lord will deliver unto thee thy brethren who have been taken captive by the Lamanites.

7 At ito ay nangyari na, na tinawid ni Zoram at ng kanyang mga anak ang ilog Sidon, kasama ang kanilang mga hukbo, at humayo palayo sa kabilang ibayo ng mga hangganan ng Manti patungo sa timog ilang, na nasa silangang dako ng ilog Sidon.

8 At kanilang sinalakay ang mga hukbo ng mga Lamanita, at ang mga Lamanita ay naikalat at naitaboy patungo sa ilang; at kinuha nila ang kanilang mga kapatid na nadalang bihag ng mga Lamanita, at wala ni isa mang tao nila na nadalang bihag ang nawala. At sila ay dinala ng kanilang mga kapatid upang angkinin ang kanilang sariling mga lupain.

9 At sa gayon nagtapos ang ikalabing-isang taon ng mga hukom, ang mga Lamanita ay naitaboy palabas ng lupain, at ang mga tao ng Ammonihah ay nalipol; oo, ang lahat ng nabubuhay na tao ng mga Ammonihah ay nalipol, at gayon din ang kanilang malaking lunsod, na kanilang sinabi na hindi magagawang wasakin ng Diyos, dahil sa lakas nito.

10 Subalit masdan, sa isang araw ay naiwan itong mapanglaw; at ang mga bangkay ay niluray ng mga aso at mababangis na hayop ng ilang.

11 Gayon pa man, makalipas ang maraming araw, ang kanilang mga patay na katawan ay nabunton sa ibabaw ng lupa, at natabunan sila ng mababaw na pagkakatabon. At ngayon umaalingasaw ang amoy niyon kung kaya't hindi na nagtungo pa ang mga tao sa lupain ng Ammonihah nang maraming taon upang ito ay angkinin. At tinawag itong Kapanglawan ng mga Nehor; sapagkat sila ay nasa katungkulan ni Nehor, na mga nangamatay; at ang kanilang mga lupain ay nanatiling mapanglaw.

12 At ang mga Lamanita ay hindi na muling sumalakay pa upang makidigma laban sa mga Nephites hanggang sa ikalabing-apat na taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi. At sa gayon sa loob ng tatlong taon ang mga tao ni Nephi ay nagkaroon ng patuloy na kapayapaan sa buong lupain.

13 At sina Alma at Amulek ay humayong nangangaral ng pagsisisi sa mga tao sa kanilang mga templo, at kanilang mga santuwaryo, at gayon din sa kanilang mga sinagoga, na naitayo alinsunod sa pamamaraan ng mga Judio.

And it came to pass that Zoram and his sons crossed over the river Sidon, with their armies, and marched away beyond the borders of Manti into the south wilderness, which was on the east side of the river Sidon.

And they came upon the armies of the Lamanites, and the Lamanites were scattered and driven into the wilderness; and they took their brethren who had been taken captive by the Lamanites, and there was not one soul of them had been lost that were taken captive. And they were brought by their brethren to possess their own lands.

And thus ended the eleventh year of the judges, the Lamanites having been driven out of the land, and the people of Ammonihah were destroyed; yea, every living soul of the Ammonihahites was destroyed, and also their great city, which they said God could not destroy, because of its greatness.

But behold, in one day it was left desolate; and the carcasses were mangled by dogs and wild beasts of the wilderness.

Nevertheless, after many days their dead bodies were heaped up upon the face of the earth, and they were covered with a shallow covering. And now so great was the scent thereof that the people did not go in to possess the land of Ammonihah for many years. And it was called Desolation of Nehors; for they were of the profession of Nehor, who were slain; and their lands remained desolate.

And the Lamanites did not come again to war against the Nephites until the fourteenth year of the reign of the judges over the people of Nephi. And thus for three years did the people of Nephi have continual peace in all the land.

And Alma and Amulek went forth preaching repentance to the people in their temples, and in their sanctuaries, and also in their synagogues, which were built after the manner of the Jews.

- 14 At kasindami ng nakikinig sa kanilang mga salita, sa kanila'y patuloy na ibinahagi nila ang salita ng Diyos, na walang sino mang taong itinatangi.
- 15 At sa gayon humayo sina Alma at Amulek, at ang marami pa rin sa mga napili para sa gawain, upang ipangaral ang salita sa lahat ng dako ng buong lupain. At ang pagtatatag ng simbahan ay naging pangkalahatan sa lahat ng dako ng lupain, sa lahat ng lugar sa palibot, sa lahat ng tao ng mga Nephita.
- 16 At walang di pagkakapantay-pantay sa kanila; ibinuho ng Panginoon ang kanyang Espiritu sa lahat ng dako ng lupain, upang ihanda ang mga isipan ng mga anak ng tao, o upang ihanda ang kanilang mga puso na tanggapin ang salitang ituturo sa kanila sa panahon ng kanyang pagparito—
- 17 Upang hindi sila maging mapagmatigas laban sa salita, nang hindi sila maging mapag-alinlangan, at matungo sa pagkalipol, kundi ang tanggapin nila ang salita nang may kagalakan, at tulad ng isang sanga ay maihugpong sa tunay na puno ng ubas, upang sila ay makapasok sa kapahingahan ng Panginoon nilang Diyos.
- 18 Ngayon, yaong mga saserdoteng nagsipaghayo sa mga tao ay nangaral laban sa lahat ng pagsisinungaling, at panlilinlang, at inggitan, at sigalutan, at masasamang hangarin, at panlalait, at pagnanakaw, panloloob, pandarambong, pagpaslang, pakikiapid, at lahat ng uri ng kahalayan, nangangaral na ang mga bagay na ito ay hindi dapat mangyari—
- 19 Ipinangangaral ang mga bagay na nalalapit nang dumating; oo, ipinangangaral ang pagparito ng Anak ng Diyos, ang kanyang mga paghihirap at kamatayan, at gayon din ang pagkabuhay na mag-uli ng mga patay.
- 20 At marami sa mga tao ang nagtanong hinggil sa kung saang lugar ang Anak ng Diyos ay paroroon; at itinuro sa kanila na magpapakita siya sa kanila matapos ang kanyang pagkabuhay na mag-uli; at ang mga ito ay pinakinggan ng mga tao nang buong kagalakan.

And as many as would hear their words, unto them they did impart the word of God, without any respect of persons, continually.

And thus did Alma and Amulek go forth, and also many more who had been chosen for the work, to preach the word throughout all the land. And the establishment of the church became general throughout the land, in all the region round about, among all the people of the Nephites.

And there was no inequality among them; the Lord did pour out his Spirit on all the face of the land to prepare the minds of the children of men, or to prepare their hearts to receive the word which should be taught among them at the time of his coming—

That they might not be hardened against the word, that they might not be unbelieving, and go on to destruction, but that they might receive the word with joy, and as a branch be grafted into the true vine, that they might enter into the rest of the Lord their God.

Now those priests who did go forth among the people did preach against all lyings, and deceivings, and envyings, and strifes, and malice, and revilings, and stealing, robbing, plundering, murdering, committing adultery, and all manner of lasciviousness, crying that these things ought not so to be—

Holding forth things which must shortly come; yea, holding forth the coming of the Son of God, his sufferings and death, and also the resurrection of the dead.

And many of the people did inquire concerning the place where the Son of God should come; and they were taught that he would appear unto them after his resurrection; and this the people did hear with great joy and gladness.

21 At ngayon matapos na maitatag ang simbahan sa lahat ng dako ng buong lupain—natamo ang tagumpay laban sa diyablo, at ang salita ng Diyos ay naipangaral sa kadalisan nito sa buong lupain, at ibinubuhos ng Panginoon ang kanyang mga pagpapala sa mga tao—sa gayon nagtapos ang ikalabing-apat na taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.

And now after the church had been established throughout all the land—having got the victory over the devil, and the word of God being preached in its purity in all the land, and the Lord pouring out his blessings upon the people—thus ended the fourteenth year of the reign of the judges over the people of Nephi.

*Ang ulat ng mga anak na lalaki ni Mosias, na tumanggi sa kanilang mga karapatan sa kabarian dahil sa salita ng Diyos, at umahon sa lupain ng Nephi upang mangaral sa mga Lamanita; ang kanilang mga pagbibirap at pagkakaligtas—Ayon sa talaan ni Alma.*

## Alma 17

- 1 Ngayon ito ay nangyari na, na habang si Alma ay naglalakbay mula sa lupain ng Gedeon patimog, palayo sa lupain ng Manti, masdan, sa panggigilalas niya, nakasalubong niya ang mga anak na lalaki ni Mosias na naglalakbay patungo sa lupain ng Zarahemla.
- 2 Ngayon, ang mga anak na ito ni Mosias ay kasama ni Alma sa panahong unang nagpakita ang anghel sa kanya; kaya nga, si Alma ay labis na nagalak na makita ang kanyang mga kapatid; at ang nakaragdag pa sa kanyang kagalakan, sila ay kanya pa ring mga kapatid sa Panginoon; oo, at sila ay naging malakas sa kaalaman ng katotohanan; sapagkat sila’y mga lalaking may malinaw na pang-unawa at sinaliksik nila nang masigasig ang mga banal na kasulatan upang malaman nila ang salita ng Diyos.
- 3 Subalit hindi lamang ito; itinuon nila ang kanilang sarili sa maraming panalangin, at pag-aayuno; kaya nga taglay nila ang diwa ng propesiya, at ang diwa ng paghahayag, at kapag sila ay nagturo, sila ay nagtuturo nang may kapangyarihan at karapatan ng Diyos.
- 4 At sila ay nakapagturo na ng salita ng Diyos sa loob ng labing-apat na taon sa mga Lamanita, nakatamo ng malaking tagumpay sa pagdadala sa marami sa kaalaman ng katotohanan; oo, sa kapangyarihan ng kanilang mga salita ay marami ang nadala sa harapan ng dambana ng Diyos, upang manawagan sa kanyang pangalan at magtapat ng kanilang mga kasalanan sa kanyang harapan.
- 5 Ngayon, ito ang mga pangyayaring naganap sa kanila sa kanilang mga paglalakbay, sapagkat sila ay maraming naging paghihirap; at sila’y labis na nagdusa, kapwa sa katawan at sa isipan, tulad ng gutom, uhaw at pagod, at gayon din sa labis na paghihirap ng espiritu.

*An account of the sons of Mosiah, who rejected their rights to the kingdom for the word of God, and went up to the land of Nephi to preach to the Lamanites; their sufferings and deliverance—according to the record of Alma.*

## Alma 17

And now it came to pass that as Alma was journeying from the land of Gideon southward, away to the land of Manti, behold, to his astonishment, he met with the sons of Mosiah journeying towards the land of Zarahemla.

Now these sons of Mosiah were with Alma at the time the angel first appeared unto him; therefore Alma did rejoice exceedingly to see his brethren; and what added more to his joy, they were still his brethren in the Lord; yea, and they had waxed strong in the knowledge of the truth; for they were men of a sound understanding and they had searched the scriptures diligently, that they might know the word of God.

But this is not all; they had given themselves to much prayer, and fasting; therefore they had the spirit of prophecy, and the spirit of revelation, and when they taught, they taught with power and authority of God.

And they had been teaching the word of God for the space of fourteen years among the Lamanites, having had much success in bringing many to the knowledge of the truth; yea, by the power of their words many were brought before the altar of God, to call on his name and confess their sins before him.

Now these are the circumstances which attended them in their journeyings, for they had many afflictions; they did suffer much, both in body and in mind, such as hunger, thirst and fatigue, and also much labor in the spirit.

- 6 Ngayon, ito ang kanilang mga paglalakbay: Matapos na iwanan ang kanilang ama, si Mosias, sa unang taon ng mga hukom; tinanggihan ang kahariang nais na igawad sa kanila ng kanilang ama, at ito rin ang kapasiyahan ng mga tao;
- 7 Gayon pa man, nilisan nila ang lupain ng Zarahemla, at dinala ang kanilang mga espada, at kanilang mga sibat, at kanilang mga busog, at kanilang mga palaso, at kanilang mga tirador; at ito ay ginawa nila upang matustusan nila ang kanilang sarili ng pagkain samantalang nasa ilang.
- 8 At sa gayon sila lumisan patungo sa ilang kasama ang kanilang bilang na pinili na umahon sa lupain ng Nephi, upang ipangaral ang salita ng Diyos sa mga Lamanita.
- 9 At ito ay nangyari na, na sila ay naglakbay ng maraming araw sa ilang, at sila ay labis na nagayuno at labis na nanalangin upang pagkalooban sila ng Panginoon ng bahagi ng kanyang Espiritu upang makasama nila, at manatili sa kanila, upang sila'y maging mga kasangkapan sa mga kamay ng Diyos na madala, kung maaari, ang kanilang mga kapatid, ang mga Lamanita, sa kaalaman ng katotohanan, sa kaalaman ng kawalang-batayan ng mga kaugalian ng kanilang mga ama, na hindi tama.
- 10 At ito ay nangyari na, na sila ay dinalaw ng Panginoon ng kanyang Espiritu, at sinabi sa kanila: Maaliw. At naaliw sila.
- 11 At sinabi rin sa kanila ng Panginoon: Humayo sa mga Lamanita, na inyong mga kapatid, at pagtibayin ang aking salita; gayon man, kayo ay maging matiyaga sa mahabang pagtitiis at paghihirap, upang kayo ay makapagpakita sa kanila ng mabubuting halimbawa sa akin, at gagawin ko kayong kasangkapan sa aking mga kamay tungo sa kaligtasan ng maraming tao.
- 12 At ito ay nangyari na, na ang mga puso ng mga anak ni Mosias, at gayon din yaong mga kasama nila, ay nagkalakas-loob na humayo sa mga Lamanita upang ipahayag sa kanila ang salita ng Diyos.
- 13 At ito ay nangyari na, nang sila ay dumating sa mga hangganan ng lupain ng mga Lamanita, sila ay naghiwa-hiwalay at nilisan ang isa't isa, nagtitiwala sa Panginoon na muli silang magkikita-kita sa katapusan ng kanilang pag-aani; sapagkat inaakala nilang dakila ang gawaing kanilang ginawa.

Now these were their journeyings: Having taken leave of their father, Mosiah, in the first year of the judges; having refused the kingdom which their father was desirous to confer upon them, and also this was the minds of the people;

Nevertheless they departed out of the land of Zarahemla, and took their swords, and their spears, and their bows, and their arrows, and their slings; and this they did that they might provide food for themselves while in the wilderness.

And thus they departed into the wilderness with their numbers which they had selected, to go up to the land of Nephi, to preach the word of God unto the Lamanites.

And it came to pass that they journeyed many days in the wilderness, and they fasted much and prayed much that the Lord would grant unto them a portion of his Spirit to go with them, and abide with them, that they might be an instrument in the hands of God to bring, if it were possible, their brethren, the Lamanites, to the knowledge of the truth, to the knowledge of the baseness of the traditions of their fathers, which were not correct.

And it came to pass that the Lord did visit them with his Spirit, and said unto them: Be comforted. And they were comforted.

And the Lord said unto them also: Go forth among the Lamanites, thy brethren, and establish my word; yet ye shall be patient in long-suffering and afflictions, that ye may show forth good examples unto them in me, and I will make an instrument of thee in my hands unto the salvation of many souls.

And it came to pass that the hearts of the sons of Mosiah, and also those who were with them, took courage to go forth unto the Lamanites to declare unto them the word of God.

And it came to pass when they had arrived in the borders of the land of the Lamanites, that they separated themselves and departed one from another, trusting in the Lord that they should meet again at the close of their harvest; for they supposed that great was the work which they had undertaken.

- 14 At tunay na dakila ito, sapagkat isinagawa nilang ipangaral ang salita ng Diyos sa isang mababangis at matitigas at malulupit na tao; mga taong nagagalak sa pagpaslang ng mga Nephita, at nilolooban at dinadambong sila; at ang kanilang mga puso ay nakalagak sa mga kayamanan, o sa ginto at pilak, at mahahalagang bato; gayon man hinangad nilang matamo ang mga bagay na ito sa pamamagitan ng pagpaslang at pandarabong, upang hindi sila gumawa para sa mga yaon sa pamamagitan ng kanilang sariling mga kamay.
- 15 Sa gayon sila ay mga taong napakatatamad, ang marami sa kanila ay sumamba sa mga diyus-diyusan, at ang sumpa ng Diyos ay napasakanila dahil sa mga kaugalian ng kanilang mga ama; sa kabila nito ang mga pangako ng Panginoon ay nakalaan sa kanila kung magsisisi.
- 16 Anupa't ito ang dahilan kung bakit ginawa ng mga anak ni Mosias ang gawain, nagbabaka sakaling kanilang madala sila sa pagsisisi; nagbabaka sakaling kanilang madala sila sa kaalaman ng plano ng pagtubos.
- 17 Samakatwid naghilwa-hiwalay ang bawat isa sa kanila, at humayo sa kanila, bawat lalaki ay nag-iisa, alinsunod sa salita at kapangyarihan ng Diyos na ibinigay sa kanya.
- 18 Ngayon, sa pagiging pinuno ni Ammon sa kanila, o sa lalong maliwanag siya ay nangaral sa kanila, at kanyang nilisan sila, matapos silang basbasan alinsunod sa kanilang kani-kanyang patutunguhan, matapos na maibahagi ang salita ng Diyos sa kanila, o naglingkod sa kanila bago ang kanyang paglisan; at sa gayon sila ay nagsimula sa kani-kanyang paglalakbay sa lahat ng dako ng lupain.
- 19 At si Ammon ay nagtungo sa lupain ng Ismael, ang lupaing tinawag alinsunod sa mga anak na lalaki ni Ismael, na siya ring mga naging Lamanita.
- 20 At nang pasukin ni Ammon ang lupain ng Ismael, ang mga Lamanita ay dinakip siya at iginapos siya, tulad ng kanilang nakaugalian na igapos ang lahat ng Nephita na nahuhulog sa kanilang mga kamay, at dinadala sila sa harapan ng hari; at sa gayon ipinaubaya sa kasiyahan ng hari na patayin sila, o panatilihin sila sa pagkabihag, o itapon sila sa bilangguan, o itaboy sila palabas ng kanyang lupain, alinsunod sa kanyang kagustuhan at kasiyahan.

And assuredly it was great, for they had undertaken to preach the word of God to a wild and a hardened and a ferocious people; a people who delighted in murdering the Nephites, and robbing and plundering them; and their hearts were set upon riches, or upon gold and silver, and precious stones; yet they sought to obtain these things by murdering and plundering, that they might not labor for them with their own hands.

Thus they were a very indolent people, many of whom did worship idols, and the curse of God had fallen upon them because of the traditions of their fathers; notwithstanding the promises of the Lord were extended unto them on the conditions of repentance.

Therefore, this was the cause for which the sons of Mosiah had undertaken the work, that perhaps they might bring them unto repentance; that perhaps they might bring them to know of the plan of redemption.

Therefore they separated themselves one from another, and went forth among them, every man alone, according to the word and power of God which was given unto him.

Now Ammon being the chief among them, or rather he did administer unto them, and he departed from them, after having blessed them according to their several stations, having imparted the word of God unto them, or administered unto them before his departure; and thus they took their several journeys throughout the land.

And Ammon went to the land of Ishmael, the land being called after the sons of Ishmael, who also became Lamanites.

And as Ammon entered the land of Ishmael, the Lamanites took him and bound him, as was their custom to bind all the Nephites who fell into their hands, and carry them before the king; and thus it was left to the pleasure of the king to slay them, or to retain them in captivity, or to cast them into prison, or to cast them out of his land, according to his will and pleasure.

- 21 At sa gayon dinala si Ammon sa harapan ng hari na nasa lupain ng Ismael; at ang kanyang pangalan ay Lamoni; at siya ay isang inapo ni Ismael.
- 22 At tinanong ng hari si Ammon kung nais niyang manirahan sa lupain sa mga Lamanita, o sa kanyang mga tao.
- 23 At sinabi ni Ammon sa kanya: Oo, nais kong manirahan sa mga taong ito ng ilang panahon; oo, at marahil hanggang sa araw na ako ay mamatay.
- 24 At ito ay nangyari na, na si haring Lamoni ay labis na nasiyahan kay Ammon, at nag-utos na kalagan ang kanyang mga gapos; at kanyang ninais na pakasalan ni Ammon ang isa sa kanyang mga anak na babae upang maging asawa.
- 25 Subalit sinabi ni Ammon sa kanya: Hindi, kundi magiging tagapagsilbi ninyo ako. Anupa't si Ammon ay naging tagapagsilbi ni haring Lamoni. At ito ay nangyari na, na siya ay isinama sa iba pang mga tagapagsilbi upang bantayan ang mga kawan ni Lamoni, alinsunod sa kinaugalian ng mga Lamanita.
- 26 At makalipas ang tatlong araw na nasa paglilingkod siya ng hari, habang siya ay kasama ng mga tagapagsilbing Lamanita na nagtungo kasama ang kanilang mga kawan sa lugar ng tubig, na tinatawag na tubig ng Sebus, at doon itinataboy ng lahat ng Lamanita ang kanilang mga kawan, upang makainom ang mga ito ng tubig—
- 27 Samakatwid, habang itinataboy ni Ammon at ng mga tagapagsilbi ng hari ang kanilang mga kawan sa lugar na ito ng tubig, masdan, ilang bilang ng mga Lamanita, na nagtungong kasama ang kanilang mga kawan upang painumin, ay tumindig at ikinalat ang mga kawan ni Ammon at ng mga tagapagsilbi ng hari, at kanilang ikinalat ang mga ito hanggang sa magpanakbuhan ang mga ito sa iba't ibang dako.
- 28 Ngayon, ang mga tagapagsilbi ng hari ay nagsimulang bumulung-bulong, sinasabing: Ngayon tayo ay ipapapatay ng hari, tulad ng kanyang ginawa sa ating mga kapatid sapagkat ang kanilang mga kawan ay naikalat dahil sa kasamaan ng kalalakahang ito. At sila ay nagsimulang manangis nang labis, sinasabing: Masdan, ang ating mga kawan ay nakakalat na.

And thus Ammon was carried before the king who was over the land of Ishmael; and his name was Lamoni; and he was a descendant of Ishmael.

And the king inquired of Ammon if it were his desire to dwell in the land among the Lamanites, or among his people.

And Ammon said unto him: Yea, I desire to dwell among this people for a time; yea, and perhaps until the day I die.

And it came to pass that king Lamoni was much pleased with Ammon, and caused that his bands should be loosed; and he would that Ammon should take one of his daughters to wife.

But Ammon said unto him: Nay, but I will be thy servant. Therefore Ammon became a servant to king Lamoni. And it came to pass that he was set among other servants to watch the flocks of Lamoni, according to the custom of the Lamanites.

And after he had been in the service of the king three days, as he was with the Lamanitish servants going forth with their flocks to the place of water, which was called the water of Sebus, and all the Lamanites drive their flocks hither, that they may have water—

Therefore, as Ammon and the servants of the king were driving forth their flocks to this place of water, behold, a certain number of the Lamanites, who had been with their flocks to water, stood and scattered the flocks of Ammon and the servants of the king, and they scattered them insomuch that they fled many ways.

Now the servants of the king began to murmur, saying: Now the king will slay us, as he has our brethren because their flocks were scattered by the wickedness of these men. And they began to weep exceedingly, saying: Behold, our flocks are scattered already.



29 Ngayon, sila ay nagpanangisan dahil sa takot na patayin. Ngayon, nang makita ito ni Ammon ay tumaba ang kanyang puso sa kagalakan; sapagkat sinabi niya, ipakikita ko ang aking kapangyarihan sa kanila na kapwa ko mga tagapagsilbi, o ang kapangyarihan na nasa akin, sa pagpapanumbalik ng mga kawang ito sa hari, upang makamtan ko ang pagtitiwala ng mga kapwa ko tagapagsilbing ito, nang maakay ko silang maniwala sa aking mga salita.

30 At ngayon, ito ang mga nasasaisip ni Ammon, nang kanyang makita ang mga paghihirap ng mga yaong tinatawag niyang kanyang mga kapatid.

31 At ito ay nangyari na, na kanyang hinibok sila sa pamamagitan ng kanyang mga salita, sinasabing: Mga kapatid ko, magsipagsaya at halinang humayo tayo sa paghahanap sa mga kawan, at sama-samang titipunin natin ang mga ito at ibalik ang mga ito sa lugar ng tubig; at sa gayon mapangangalagaan natin ang mga kawan para sa hari at hindi niya tayo ipapapatay.

32 At ito ay nangyari na, na sila ay humayo sa paghahanap sa mga kawan, at sinunod nila si Ammon, at nagmadali sila nang napakabilis at hinarang ang mga kawan ng hari, at sama-samang tinipong muli ang mga ito sa lugar ng tubig.

33 At yaong mga lalaki ay muling tumindig upang ikalat ang kanilang mga kawan; subalit sinabi ni Ammon sa kanyang mga kapatid: Palibutan ang mga kawan upang hindi magpanakbuhan ang mga ito; at ako ay hahayo at makikipaglaban ako sa mga lalaking ito na mga nagkakalat ng ating mga kawan.

34 Samakatwid, ginawa nila ang iniutos sa kanila ni Ammon, at siya ay humayo at tumindig upang makipaglaban sa mga yaong nakatindig sa malapit sa mga tubig ng Sebus; at ang kanilang bilang ay hindi kakaunti.

Now they wept because of the fear of being slain. Now when Ammon saw this his heart was swollen within him with joy; for, said he, I will show forth my power unto these my fellow-servants, or the power which is in me, in restoring these flocks unto the king, that I may win the hearts of these my fellow-servants, that I may lead them to believe in my words.

And now, these were the thoughts of Ammon, when he saw the afflictions of those whom he termed to be his brethren.

And it came to pass that he flattered them by his words, saying: My brethren, be of good cheer and let us go in search of the flocks, and we will gather them together and bring them back unto the place of water; and thus we will preserve the flocks unto the king and he will not slay us.

And it came to pass that they went in search of the flocks, and they did follow Ammon, and they rushed forth with much swiftness and did head the flocks of the king, and did gather them together again to the place of water.

And those men again stood to scatter their flocks; but Ammon said unto his brethren: Encircle the flocks round about that they flee not; and I go and contend with these men who do scatter our flocks.

Therefore, they did as Ammon commanded them, and he went forth and stood to contend with those who stood by the waters of Sebus; and they were in number not a few.

35 Kaya nga, hindi sila natakot kay Ammon, sapagkat inakala nila na isa sa kanilang mga tauhan ay makakayang patayin siya alinsunod sa kanilang kasiyahan, sapagkat hindi nila nalalaman na ang Panginoon ay nangako kay Mosias na ililigtas niya ang kanyang mga anak mula sa mga kamay nila; ni ang nalalaman nila ang ano mang bagay hinggil sa Panginoon; anupa't sila ay nagagalak sa pagkawasak ng kanilang mga kapatid; at sa kadahilanang ito sila ay tumindig upang ikalat ang mga kawan ng hari.

36 Subalit si Ammon ay tumindig at nagsimulang magpukol ng mga bato sa kanila sa pamamagitan ng kanyang tirador; oo, sa kahanga-hangang lakas ay kanyang tinirador sila; at sa gayon napatay niya ang ilang bilang nila kung kaya't nagsimula silang manggilalas sa kanyang lakas; gayon pa man sila ay nagalit dahil sa pagkakapatay sa kanilang mga kapatid, at nagtika silang pabagsakin siya; kaya nga, nakikitang hindi nila siya matamaan ng kanilang mga bato, sumugod silang dala ang mga pambambo upang patayin siya.

37 Subalit masdan, bawat lalaking nagtaas ng kanyang pambambo upang hampasin si Ammon, ay pinuputol niya ang kanilang mga bisig sa pamamagitan ng kanyang espada; sapagkat napaglabanan niya ang kanilang mga hampas sa pamamagitan ng pagpuputol ng kanilang mga bisig ng talim ng kanyang espada, kung kaya't nagsimula silang manggilalas, at nagsimulang magsitakas sa kanyang harapan; oo, ang kanilang bilang ay hindi kakaunti; at kanyang napatakbo sila sa pamamagitan ng lakas ng kanyang bisig.

38 Ngayon, anim sa kanila ang bumagsak sa pamamagitan ng tirador, subalit wala siyang pinatay maliban sa kanilang pinuno sa pamamagitan ng kanyang espada; at kasindami ng mga bisig na nagtaas laban sa kanya ay pinutol niya, at hindi ito kakaunti.

39 At nang kanyang maitaboy sila sa malayo, siya ay nagbalik at pinainom nila ang kanilang mga kawan at ibinalik ang mga ito sa pastulan ng hari, at pagkatapos ay nagtungo sa hari, dala-dala ang mga bisig na pinutol ng espada ni Ammon, ng yaong mga naghangad na patayin siya; at dinala ang mga ito sa hari bilang patotoo ng mga bagay na kanilang ginawa.

Therefore they did not fear Ammon, for they supposed that one of their men could slay him according to their pleasure, for they knew not that the Lord had promised Mosiah that he would deliver his sons out of their hands; neither did they know anything concerning the Lord; therefore they delighted in the destruction of their brethren; and for this cause they stood to scatter the flocks of the king.

But Ammon stood forth and began to cast stones at them with his sling; yea, with mighty power he did sling stones amongst them; and thus he slew a certain number of them insomuch that they began to be astonished at his power; nevertheless they were angry because of the slain of their brethren, and they were determined that he should fall; therefore, seeing that they could not hit him with their stones, they came forth with clubs to slay him.

But behold, every man that lifted his club to smite Ammon, he smote off their arms with his sword; for he did withstand their blows by smiting their arms with the edge of his sword, insomuch that they began to be astonished, and began to flee before him; yea, and they were not few in number; and he caused them to flee by the strength of his arm.

Now six of them had fallen by the sling, but he slew none save it were their leader with his sword; and he smote off as many of their arms as were lifted against him, and they were not a few.

And when he had driven them afar off, he returned and they watered their flocks and returned them to the pasture of the king, and then went in unto the king, bearing the arms which had been smitten off by the sword of Ammon, of those who sought to slay him; and they were carried in unto the king for a testimony of the things which they had done.

## Alma 18

- 1 At ito ay nangyari na, na si haring Lamoni ay nag-utos sa kanyang mga tagapagsilbi na tumindig at magpatotoo sa lahat ng bagay na kanilang nakita hinggil sa bagay na yaon.
- 2 At nang magpatotoo silang lahat sa mga bagay na nakita nila, at nalaman niya ang katapatan ni Ammon sa pangangalaga sa kanyang mga kawan, at gayon din ang tungkol sa kanyang kahanga-hangang lakas sa pakikipaglaban sa mga yaong naghangad na patayin siya, na labis siyang nanggilalas, at nagsabi: Tunay, ito ay higit pa sa isang tao. Masdan, hindi ba ito ang Dakilang Espiritu na siyang nagpapadala ng gayong mabibigat na kaparusahan sa mga taong ito, dahil sa kanilang mga pagpaslang?
- 3 At tinugon nila ang hari, at nagsabi: Kung siya man ang Dakilang Espiritu o isang tao, ay hindi namin nalalaman; subalit ito lamang ang nalalaman namin, na hindi siya mapapatay ng mga kaaway ng hari; ni ang magawa nilang ikalat ang mga kawan ng hari kapag kasama namin siya, dahil sa kanyang kasanayan at kahanga-hangang lakas; kaya nga, nalalaman namin na siya ay kaibigan ng hari. At ngayon, O hari, hindi kami naniniwala na ang isang tao ay may gayong kahanga-hangang lakas, sapagkat nalalaman naming hindi siya maaaring mapatay.
- 4 At ngayon, nang marinig ng hari ang mga salitang ito, sinabi niya sa kanila: Ngayon nalalaman ko na ito ang Dakilang Espiritu; at siya ay bumaba sa panahong ito upang pangalagaan ang inyong mga buhay, upang hindi ko kayo ipapatay na tulad sa inyong mga kapatid. Ngayon, ito ang Dakilang Espiritu na siyang sinabi ng ating mga ama.
- 5 Ngayon, ito ang kaugalian ni Lamoni, na natanggap niya mula sa kanyang ama, na may Dakilang Espiritu. Sa kabila nang naniniwala sila sa Dakilang Espiritu, inakala nilang ano man ang kanilang gawin ay tama; gayon pa man, si Lamoni ay nagsimulang labis na matakot, natakot na baka nakagawa siya ng mali sa pagpapapatay sa kanyang mga tagapagsilbi;

## Alma 18

And it came to pass that king Lamoni caused that his servants should stand forth and testify to all the things which they had seen concerning the matter.

And when they had all testified to the things which they had seen, and he had learned of the faithfulness of Ammon in preserving his flocks, and also of his great power in contending against those who sought to slay him, he was astonished exceedingly, and said: Surely, this is more than a man. Behold, is not this the Great Spirit who doth send such great punishments upon this people, because of their murders?

And they answered the king, and said: Whether he be the Great Spirit or a man, we know not; but this much we do know, that he cannot be slain by the enemies of the king; neither can they scatter the king's flocks when he is with us, because of his expertness and great strength; therefore, we know that he is a friend to the king. And now, O king, we do not believe that a man has such great power, for we know he cannot be slain.

And now, when the king heard these words, he said unto them: Now I know that it is the Great Spirit; and he has come down at this time to preserve your lives, that I might not slay you as I did your brethren. Now this is the Great Spirit of whom our fathers have spoken.

Now this was the tradition of Lamoni, which he had received from his father, that there was a Great Spirit. Notwithstanding they believed in a Great Spirit, they supposed that whatsoever they did was right; nevertheless, Lamoni began to fear exceedingly, with fear lest he had done wrong in slaying his servants;

6 Sapagkat kanyang ipinapatay ang marami sa kanila dahil sa ikinalat ng kanilang mga kapatid ang kanilang mga kawan sa lugar ng tubig; at sa gayon, dahil sa ikinalat nila ang kanilang mga kawan sila ay ipinapatay.

7 Ngayon kagawian ito ng mga Lamanita na tumindig sa malapit sa mga tubig ng Sebus upang ikalat ang mga kawan ng mga tao, upang maitaboy nilang palayo ang marami sa mga tupang nakalat sa kanilang sariling lupain, ito na isang kagawian ng pandarambong sa kanila.

8 At ito ay nangyari na, na si haring Lamoni ay nagtanong sa kanyang mga tagapagsilbi, sinasabing: Nasaan ang lalaking ito na may kahanga-hangang lakas?

9 At sinabi nila sa kanya: Masdan, pinakakain niya ang inyong mga kabayo. Ngayon inutusan ng hari ang kanyang mga tagapagsilbi bago pa sa panahon ng pagpapainom ng kanilang mga kawan, na nararapat ihanda nila ang kanyang mga kabayo at karuwahe, at ihatid siya sa lupain ng Nephi; sapagkat may malaking piging na itinakda ang ama ni Lamoni sa lupain ng Nephi, na siyang hari ng buong lupain.

10 Ngayon, nang marinig ni haring Lamoni na inihahanda ni Ammon ang kanyang mga kabayo at karuwahe siya ay lalong nanggilalas, dahil sa katapatan ni Ammon, sinasabing: Tunay na walang sino mang tagapagsilbi sa lahat ng tagapagsilbi ko ang naging napakatapat na tulad ng taong ito; sapagkat naaalaala niya maging ang lahat ng aking mga utos upang isagawa ang mga ito.

11 Ngayon tunay na nalalaman ko na ito ang Dakilang Espiritu, at nais kong siya ay magtungo sa akin, subalit hindi ako magtatangka.

12 At ito ay nangyari na, nang maihanda na ni Ammon ang mga kabayo at karuwahe para sa hari at sa kanyang mga tagapagsilbi, siya ay nagtungo sa hari, at nakitang nagbago ang anyo ng mukha ng hari; kaya nga, babalik na sana siya paalis sa kanyang harapan.

For he had slain many of them because their brethren had scattered their flocks at the place of water; and thus, because they had had their flocks scattered they were slain.

Now it was the practice of these Lamanites to stand by the waters of Sebus to scatter the flocks of the people, that thereby they might drive away many that were scattered unto their own land, it being a practice of plunder among them.

And it came to pass that king Lamoni inquired of his servants, saying: Where is this man that has such great power?

And they said unto him: Behold, he is feeding thy horses. Now the king had commanded his servants, previous to the time of the watering of their flocks, that they should prepare his horses and chariots, and conduct him forth to the land of Nephi; for there had been a great feast appointed at the land of Nephi, by the father of Lamoni, who was king over all the land.

Now when king Lamoni heard that Ammon was preparing his horses and his chariots he was more astonished, because of the faithfulness of Ammon, saying: Surely there has not been any servant among all my servants that has been so faithful as this man; for even he doth remember all my commandments to execute them.

Now I surely know that this is the Great Spirit, and I would desire him that he come in unto me, but I durst not.

And it came to pass that when Ammon had made ready the horses and the chariots for the king and his servants, he went in unto the king, and he saw that the countenance of the king was changed; therefore he was about to return out of his presence.

- 13 At isa sa mga tagapagsilbi ng hari ang nagsabi sa kanya, Rabana, na ang ibig ipakahulugan, makapangyarihan o dakilang hari, ipinalalagay na ang kanilang mga hari ay makapangyarihan; at sa gayon sinabi niya sa kanya: Rabana, nais ng haring manatili ka.
- 14 Kaya nga iniharap ni Ammon ang kanyang sarili sa hari, at sinabi sa kanya: Ano ang nais ninyong gawin ko para sa inyo, O hari? At hindi siya tinugon ng hari sa loob ng isang oras, alinsunod sa kanilang oras, sapagkat hindi niya alam kung ano ang kanyang nararapat sabihin sa kanya.
- 15 At ito ay nangyari na, na muling sinabi ni Ammon sa kanya: Ano ang nais ninyo sa akin? Subalit hindi siya tinugon ng hari.
- 16 At ito ay nangyari na, na si Ammon, na puspos ng Espiritu ng Diyos, kaya nga nahiwatigan niya ang mga iniisip ng hari. At sinabi niya sa kanya: Dahil ba sa narinig ninyong ipinagtanggol ko ang inyong mga tagapagsilbi at ang inyong mga kawan, at pinatay ang pito sa kanilang mga kapatid sa pamamagitan ng tirador at ng espada, at pinutol ang mga bisig ng iba pa, upang maipagtanggol ang inyong mga kawan at inyong mga tagapagsilbi; masdan, ito ba ang sanhi ng inyong panggigilalas?
- 17 Sinasabi ko sa inyo, ano ba ito, na labis-labis ang inyong panggigilalas? Masdan, ako ay isang tao, at inyong tagapagsilbi; kaya nga, ano man ang inyong naising tama, yaon ay gagawin ko.
- 18 Ngayon, nang marinig ng hari ang mga salitang ito, muli siyang nanggigilalas, sapagkat namasdan niyang nahihiwatigan ni Ammon ang kanyang mga iniisip; subalit sa kabila nito, ibinuka ni haring Lamoni ang kanyang bibig, at sinabi sa kanya: Sino ka? Ikaw ba yaong Dakilang Espiritu, na nakaaalam ng lahat ng bagay?
- 19 Tumugon si Ammon at sinabi sa kanya: Hindi ako.
- 20 At sinabi ng hari: Paanong nalalaman mo ang mga niloloob ng aking puso? Makapagsasalita ka nang walang takot, at sabihin sa akin ang hinggil sa mga bagay na ito; at sabihin mo rin sa akin sa anong kapangyarihan iyong pinatay at pinutol ang mga bisig ng aking mga kapatid na nagkalat ng aking mga kawan—

And one of the king's servants said unto him, Rabbanah, which is, being interpreted, powerful or great king, considering their kings to be powerful; and thus he said unto him: Rabbanah, the king desireth thee to stay.

Therefore Ammon turned himself unto the king, and said unto him: What wilt thou that I should do for thee, O king? And the king answered him not for the space of an hour, according to their time, for he knew not what he should say unto him.

And it came to pass that Ammon said unto him again: What desirest thou of me? But the king answered him not.

And it came to pass that Ammon, being filled with the Spirit of God, therefore he perceived the thoughts of the king. And he said unto him: Is it because thou hast heard that I defended thy servants and thy flocks, and slew seven of their brethren with the sling and with the sword, and smote off the arms of others, in order to defend thy flocks and thy servants; behold, is it this that causeth thy marvelings?

I say unto you, what is it, that thy marvelings are so great? Behold, I am a man, and am thy servant; therefore, whatsoever thou desirest which is right, that will I do.

Now when the king had heard these words, he marveled again, for he beheld that Ammon could discern his thoughts; but notwithstanding this, king Lamoni did open his mouth, and said unto him: Who art thou? Art thou that Great Spirit, who knows all things?

Ammon answered and said unto him: I am not.

And the king said: How knowest thou the thoughts of my heart? Thou mayest speak boldly, and tell me concerning these things; and also tell me by what power ye slew and smote off the arms of my brethren that scattered my flocks—

21 Ngayon, kung sasabihin mo sa akin ang hinggil sa mga bagay na ito, ano man ang naisin mo ay ibibigay ko sa iyo; at kung kinakailangan, pababantayan kita sa aking mga hukbo; subalit nalalaman kong higit kang makapangyarihan kaysa sa kanilang lahat; gayon pa man, ano man ang naisin mo sa akin ay ipagkakaloob ko sa iyo.

22 Ngayon, dahil sa si Ammon ay matalino gayon pa man hindi mapaminsala, sinabi niya kay Lamoni: Makikinig ba kayo sa aking mga salita, kung sasabihin ko sa inyo sa anong kapangyarihan nagagawa ko ang mga bagay na ito? At ito ang bagay na hinihiling ko sa inyo.

23 At tinugon siya ng hari, at sinabing: Oo, paniniwalaan ko ang lahat ng iyong salita. At sa gayong paraan siya napasang-ayon.

24 At si Ammon ay nagsimulang magsalita nang may katapangan sa kanya, at sinabi sa kanya: Naniniwala ba kayo na may Diyos?

25 At tumugon siya, at sinabi sa kanya: Hindi ko nauunawaan kung ano ang ibig mong sabihin.

26 At sa gayon sinabi ni Ammon: Naniniwala ba kayo na may Dakilang Espiritu?

27 At sinabi niya, Oo.

28 At sinabi ni Ammon: Ito ang Diyos. At muling sinabi ni Ammon sa kanya: Naniniwala ba kayo na ang Dakilang Espiritung ito, na siyang Diyos, ay nilikha ang lahat ng bagay na nasa langit at nasa lupa?

29 At sinabi niya: Oo, naniniwala akong nilikha niya ang lahat ng bagay na nasa lupa; subalit hindi ko nauunawaan ang kalangitan.

30 At sinabi sa kanya ni Ammon: Ang kalangitan ay isang lugar kung saan nananahanan ang Diyos at lahat ng kanyang mga banal na anghel.

31 At sinabi ni haring Lamoni: Iyon ba ay sa itaas ng lupa?

32 At sinabi ni Ammon: Oo, at pinagmamasdan niya ang lahat ng anak ng tao; at nalalaman niya ang lahat ng saloobin at layunin ng puso; sapagkat sa pamamagitan ng kanyang kamay ay nilikha silang lahat mula sa simula.

33 At sinabi ni haring Lamoni: Naniniwala ako sa lahat ng bagay na ito na iyong sinabi. Ikaw ba ay isinugo mula sa Diyos?

And now, if thou wilt tell me concerning these things, whatsoever thou desirest I will give unto thee; and if it were needed, I would guard thee with my armies; but I know that thou art more powerful than all they; nevertheless, whatsoever thou desirest of me I will grant it unto thee.

Now Ammon being wise, yet harmless, he said unto Lamoni: Wilt thou hearken unto my words, if I tell thee by what power I do these things? And this is the thing that I desire of thee.

And the king answered him, and said: Yea, I will believe all thy words. And thus he was caught with guile.

And Ammon began to speak unto him with boldness, and said unto him: Believest thou that there is a God?

And he answered, and said unto him: I do not know what that meaneth.

And then Ammon said: Believest thou that there is a Great Spirit?

And he said, Yea.

And Ammon said: This is God. And Ammon said unto him again: Believest thou that this Great Spirit, who is God, created all things which are in heaven and in the earth?

And he said: Yea, I believe that he created all things which are in the earth; but I do not know the heavens.

And Ammon said unto him: The heavens is a place where God dwells and all his holy angels.

And king Lamoni said: Is it above the earth?

And Ammon said: Yea, and he looketh down upon all the children of men; and he knows all the thoughts and intents of the heart; for by his hand were they all created from the beginning.

And king Lamoni said: I believe all these things which thou hast spoken. Art thou sent from God?

34 Sinabi ni Ammon sa kanya: Ako ay isang tao; at ang tao sa simula ay nilikha na kawangis ng Diyos, at ako ay tinawag ng kanyang Banal na Espiritu upang ituro ang mga bagay na ito sa mga taong ito, upang sila ay madala sa kaalaman ng yaong makatarungan at totoo;

35 At isang bahagi ng Espiritung yaon ang namamalagi sa akin, na nagbibigay sa akin ng kaalaman, at gayon din ng kapangyarihan alinsunod sa aking pananampalataya at mga naisin na nasa Diyos.

36 Ngayon, nang sabihin ni Ammon ang mga salitang ito, siya ay nagsimula sa paglikha ng daigdig, at gayon din sa paglikha kay Adan, at sinabi sa kanya ang lahat ng bagay hinggil sa pagkahulog ng tao, at inulit at inilatag sa kanyang harapan ang mga talaan at ang mga banal na kasulatan ng mga tao, na sinabi ng mga propeta, maging mula sa panahon na ang kanilang ama, si Lehi, ay lumisan sa Jerusalem.

37 At inulit din niya sa kanila (sapagkat ito ay sa hari at sa kanyang mga tagapagsilbi) ang lahat ng paglalakbay ng kanilang mga ama sa ilang, at lahat ng kanilang pagdurusa dahil sa gutom at uhaw, at kanilang paghihirap, at iba pa.

38 At inulit din niya sa kanila ang hinggil sa paghihimagsik nina Laman at Lemuel, at ng mga anak na lalaki ni Ismael, oo, ang lahat ng kanilang paghihimagsik ay isinalaysay niya sa kanila; at ipinaliwanag niya sa kanila ang lahat ng talaan at mga banal na kasulatan mula sa panahong lisanin ni Lehi ang Jerusalem hanggang sa kasalukuyang panahon.

39 Subalit hindi lamang ito; sapagkat ipinaliwanag niya sa kanila ang plano ng pagtubos, na inihanda mula pa sa pagkakatatag ng daigdig; at ipinaalam din niya sa kanila ang hinggil sa pagparito ni Cristo, at lahat ng gawain ng Panginoon ay ipinaalam niya sa kanila.

40 At ito ay nangyari na, na matapos niyang sabihin ang lahat ng bagay na ito, at ipaliwanag ang mga ito sa hari, na ang hari ay naniwala sa lahat ng kanyang mga salita.

Ammon said unto him: I am a man; and man in the beginning was created after the image of God, and I am called by his Holy Spirit to teach these things unto this people, that they may be brought to a knowledge of that which is just and true;

And a portion of that Spirit dwelleth in me, which giveth me knowledge, and also power according to my faith and desires which are in God.

Now when Ammon had said these words, he began at the creation of the world, and also the creation of Adam, and told him all the things concerning the fall of man, and rehearsed and laid before him the records and the holy scriptures of the people, which had been spoken by the prophets, even down to the time that their father, Lehi, left Jerusalem.

And he also rehearsed unto them (for it was unto the king and to his servants) all the journeyings of their fathers in the wilderness, and all their sufferings with hunger and thirst, and their travail, and so forth.

And he also rehearsed unto them concerning the rebellions of Laman and Lemuel, and the sons of Ishmael, yea, all their rebellions did he relate unto them; and he expounded unto them all the records and scriptures from the time that Lehi left Jerusalem down to the present time.

But this is not all; for he expounded unto them the plan of redemption, which was prepared from the foundation of the world; and he also made known unto them concerning the coming of Christ, and all the works of the Lord did he make known unto them.

And it came to pass that after he had said all these things, and expounded them to the king, that the king believed all his words.

41 At nagsimula siyang magsumamo sa Panginoon, sinasabing: O Panginoon, maawa; alinsunod sa inyong masaganang awa na inyong ipinadama sa mga tao ni Nephi, ay mapasaakin, at sa aking mga tao.

42 At ngayon, nang sabihin niya ito, siya ay nalugmok sa lupa, na tila bagang siya ay patay na.

43 At ito ay nangyari na, na siya ay binuhat ng kanyang mga tagapagsilbi at dinala siya sa kanyang asawa, at inilapag siya sa isang higaan; at nahihiga siyang tila bagang patay na sa loob ng dalawang araw at dalawang gabi; at ang kanyang asawa, at kanyang mga anak na lalaki, at kanyang mga anak na babae ay ipinagdalamhati siya, alinsunod sa pamamaraan ng mga Lamanita, labis na nananaghoy sa kanyang pagkawala.

And he began to cry unto the Lord, saying: O Lord, have mercy; according to thy abundant mercy which thou hast had upon the people of Nephi, have upon me, and my people.

And now, when he had said this, he fell unto the earth, as if he were dead.

And it came to pass that his servants took him and carried him in unto his wife, and laid him upon a bed; and he lay as if he were dead for the space of two days and two nights; and his wife, and his sons, and his daughters mourned over him, after the manner of the Lamanites, greatly lamenting his loss.



## Alma 19

- 1 At ito ay nangyari na, na pagkalipas ng dalawang araw at dalawang gabi, kanila sanang kukunin ang kanyang katawan at ilalagay ito sa isang libingan, na ginawa nila para sa layunin ng paglilibing ng kanilang mga patay.
- 2 Ngayon, ang reyna na nakarinig sa katanyagan ni Ammon, kaya nga siya ay nagpasabi at nagnais na magtungo siya sa kanya.
- 3 At ito ay nangyari na, na ginawa ni Ammon ang ipinag-utos sa kanya, at nagtungo sa reyna, at nagnais na malaman kung ano ang nais niyang ipagawa sa kanya.
- 4 At sinabi niya sa kanya: Ipinaalam sa akin ng mga tagapagsilbi ng aking asawa na ikaw ay isang propeta ng banal na Diyos, at na mayroon kang kapangyarihang gumawa ng maraming dakilang gawain sa kanyang pangalan;
- 5 Anupa't kung ito ang pagbabatayan, nais kong pumasok ka at tingnan ang aking asawa, sapagkat nakahiga siya sa kanyang highaan sa loob na ng dalawang araw at dalawang gabi; at ang ilan ay nagsabing hindi pa siya patay, subalit sinasabi naman ng iba na patay na siya at namamaho na, at nararapat na siyang ilagay sa libingan; subalit sa ganang akin, hindi siya namamaho.
- 6 Ngayon, ito ang naisin ni Ammon, sapagkat alam niyang si haring Lamoni ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng Diyos; alam niyang ang madilim na tabing ng kawalang-paniniwala ay iwinawaksi mula sa kanyang isipan, at ang liwanag na umilaw sa kanyang isipan, na liwanag ng kaluwalhatian ng Diyos, na isang kagila-gilalas na liwanag ng kanyang kabutihan—oo, ang liwanag na ito ang nagbigay ng kagalakan sa kanyang kaluluwa, sa pagkakapalis ng ulap ng kadiliman, at ang liwanag ng buhay na walang hanggan ay nagningas sa kanyang kaluluwa, oo, alam niyang nadaig nito ang kanyang likas na pangangatawan, at tinangay siya sa Diyos—
- 7 Anupa't kung ano ang hiniling ng reyna sa kanya ay tangi niyang naisin. Kaya nga, siya ay pumasok upang tingnan ang hari alinsunod sa hiniling sa kanya ng reyna; at nakita niya ang hari, at alam niyang hindi siya patay.

## Alma 19

And it came to pass that after two days and two nights they were about to take his body and lay it in a sepulchre, which they had made for the purpose of burying their dead.

Now the queen having heard of the fame of Ammon, therefore she sent and desired that he should come in unto her.

And it came to pass that Ammon did as he was commanded, and went in unto the queen, and desired to know what she would that he should do.

And she said unto him: The servants of my husband have made it known unto me that thou art a prophet of a holy God, and that thou hast power to do many mighty works in his name;

Therefore, if this is the case, I would that ye should go in and see my husband, for he has been laid upon his bed for the space of two days and two nights; and some say that he is not dead, but others say that he is dead and that he stinketh, and that he ought to be placed in the sepulchre; but as for myself, to me he doth not stink.

Now, this was what Ammon desired, for he knew that king Lamoni was under the power of God; he knew that the dark veil of unbelief was being cast away from his mind, and the light which did light up his mind, which was the light of the glory of God, which was a marvelous light of his goodness—yea, this light had infused such joy into his soul, the cloud of darkness having been dispelled, and that the light of everlasting life was lit up in his soul, yea, he knew that this had overcome his natural frame, and he was carried away in God—

Therefore, what the queen desired of him was his only desire. Therefore, he went in to see the king according as the queen had desired him; and he saw the king, and he knew that he was not dead.

- 8 At sinabi niya sa reyna: Hindi siya patay, kundi siya ay natutulog sa Diyos, at kinabukasan siya ay muling magbabangon; kaya nga, siya ay huwag ilibing.
- 9 At sinabi ni Ammon sa kanya: Naniniwala ka ba rito? At sinabi niya sa kanya: Wala akong katibayan maliban sa iyong salita, at ang salita ng aming mga tagapagsilbi; gayon pa man, naniniwala akong mangyayari ang alinsunod sa iyong sinabi.
- 10 At sinabi ni Ammon sa kanya: Pinagpala ka dahil sa iyong labis na pananampalataya; sinasabi ko sa iyo, babae, na walang gayong kalaking pananampalataya sa lahat ng tao ng mga Nephita.
- 11 At ito ay nangyari na, na siya ay nagbantay sa higaan ng kanyang asawa mula noon maging hanggang sa kinabukasan na siyang itinakda ni Ammon na pagbangon niya.
- 12 At ito ay nangyari na, na siya ay bumangon, alinsunod sa mga salita ni Ammon; at nang siya ay bumangon, iniinat niya ang kanyang kamay sa babae, at nagsabi: Purihin ang pangalan ng Diyos, at pagpalain ka.
- 13 Sapagkat tunay na yamang ikaw ay buhay, masdan, nakita ko ang aking Manunubos; at siya ay paparito, at isisilang ng isang babae, at tutubusin niya ang buong sangkatauhan na naniniwala sa kanyang pangalan. Ngayon, nang sabihin niya ang mga salitang ito, ay tumaba ang kanyang puso, at muli siyang nalugmok sa kagalakan; at ang reyna ay nalugmok din, na nadaig ng Espiritu.
- 14 Ngayon, nang makita ni Ammon na ibinuhos ang Espiritu ng Panginoon alinsunod sa kanyang mga panalangin sa mga Lamanita, na kanyang mga kapatid, na naging dahilan ng labis na pagdadalamhati ng mga Nephita, o sa lahat ng tao ng Diyos dahil sa kanilang mga kasamaan at kanilang mga kaugalian, siya ay napaluhod sa kanyang mga tuhod, at nagsimulang ibuhos ang kanyang kaluluwa sa panalangin at pasasalamat sa Diyos dahil sa ginawa niya para sa kanyang mga kapatid; at siya rin ay nadaig sa kagalakan; at sa gayon nalugmok lahat silang tatlo sa lupa.

And he said unto the queen: He is not dead, but he sleepeth in God, and on the morrow he shall rise again; therefore bury him not.

And Ammon said unto her: Believest thou this? And she said unto him: I have had no witness save thy word, and the word of our servants; nevertheless I believe that it shall be according as thou hast said.

And Ammon said unto her: Blessed art thou because of thy exceeding faith; I say unto thee, woman, there has not been such great faith among all the people of the Nephites.

And it came to pass that she watched over the bed of her husband, from that time even until that time on the morrow which Ammon had appointed that he should rise.

And it came to pass that he arose, according to the words of Ammon; and as he arose, he stretched forth his hand unto the woman, and said: Blessed be the name of God, and blessed art thou.

For as sure as thou livest, behold, I have seen my Redeemer; and he shall come forth, and be born of a woman, and he shall redeem all mankind who believe on his name. Now, when he had said these words, his heart was swollen within him, and he sunk again with joy; and the queen also sunk down, being overpowered by the Spirit.

Now Ammon seeing the Spirit of the Lord poured out according to his prayers upon the Lamanites, his brethren, who had been the cause of so much mourning among the Nephites, or among all the people of God because of their iniquities and their traditions, he fell upon his knees, and began to pour out his soul in prayer and thanksgiving to God for what he had done for his brethren; and he was also overpowered with joy; and thus they all three had sunk to the earth.

- 15 Ngayon, nang makita ng mga tagapagsilbi ng hari na nalugmok sila, na nagsimula rin silang magsumamo sa Diyos, sapagkat ang takot sa Panginoon ay nanaig din sa kanila, sapagkat sila yaong tumindig sa harapan ng hari at nagpatotoo sa kanya hinggil sa kahanga-hangang lakas ni Ammon.
- 16 At ito ay nangyari na, na sila ay nanawagan sa pangalan ng Panginoon, sa kanilang lakas, maging hanggang sa silang lahat ay nalugmok sa lupa, maliban sa isa sa kababaihang Lamanita, na Abis ang pangalan, siya na nagbalik-loob na sa Panginoon ng maraming taon, dahil sa isang kahanga-hangang pangitain ng kanyang ama—
- 17 Sa gayon, sa pagbabalik-loob sa Panginoon, at kailanman ay hindi ito naipaalam, anupa't nang makita niya na ang lahat ng tagapagsilbi ni Lamoni ay nalugmok sa lupa, at gayon din ang kanyang babaing pinagsisilbihan, ang reyna, at ang hari, at si Ammon ay nakahandusay sa lupa, ay alam niyang ito ay kapangyarihan ng Diyos; at inaakala na ang pagkakataong ito, sa pamamagitan ng pagpapaalam sa mga tao kung ano ang nangyari sa kanila, na sa pamamagitan ng pagmalas ng tagpong ito ay maging dahilan upang sila ay maniwala sa kapangyarihan ng Diyos, kaya nga, siya ay tumakbo sa bahay-bahay, ipinaalam ito sa mga tao.
- 18 At nagsimulang sama-samang tipunin nila ang kanilang sarili sa tahanan ng hari. At may dumating na maraming tao, at sa kanilang panggigilalas, namasdan nila ang hari, at ang reyna, at kanilang mga tagapagsilbi na nakahandusay sa lupa, at silang lahat ay nakahiga roon na tila bagang mga patay na; at nakita rin nila si Ammon, at masdan, isa siyang Nephita.
- 19 At ngayon, ang mga tao ay nagsimulang bumulung-bulong sa kanilang sarili; sinasabi ng ilan na isa itong kakila-kilabot na kasamaan na sumapit sa kanila, o sa hari at sa kanyang sambahayan, sapagkat ipinahintulot niyang manatili ang Nephita sa lupain.
- 20 Subalit sila ay pinagsabihan ng iba, sinasabing: Ang hari ang siyang nagdala ng kasamaang ito sa kanyang sambahayan, dahil sa ipinapatay niya ang kanyang mga tagapagsilbi na nagawang ikalat ang kanilang mga kawan sa mga tubig ng Sebus.

Now, when the servants of the king had seen that they had fallen, they also began to cry unto God, for the fear of the Lord had come upon them also, for it was they who had stood before the king and testified unto him concerning the great power of Ammon.

And it came to pass that they did call on the name of the Lord, in their might, even until they had all fallen to the earth, save it were one of the Lamanitish women, whose name was Abish, she having been converted unto the Lord for many years, on account of a remarkable vision of her father—

Thus, having been converted to the Lord, and never having made it known, therefore, when she saw that all the servants of Lamoni had fallen to the earth, and also her mistress, the queen, and the king, and Ammon lay prostrate upon the earth, she knew that it was the power of God; and supposing that this opportunity, by making known unto the people what had happened among them, that by beholding this scene it would cause them to believe in the power of God, therefore she ran forth from house to house, making it known unto the people.

And they began to assemble themselves together unto the house of the king. And there came a multitude, and to their astonishment, they beheld the king, and the queen, and their servants prostrate upon the earth, and they all lay there as though they were dead; and they also saw Ammon, and behold, he was a Nephite.

And now the people began to murmur among themselves; some saying that it was a great evil that had come upon them, or upon the king and his house, because he had suffered that the Nephite should remain in the land.

But others rebuked them, saying: The king hath brought this evil upon his house, because he slew his servants who had had their flocks scattered at the waters of Sebus.

- 21 At sila rin ay pinagsabihan ng mga yaong lalaking nagsitindig sa mga tubig ng Sebus at siyang nagkalat ng mga kawan na pag-aari ng hari, sapagkat sila ay galit kay Ammon dahil sa bilang ng kanyang napatay sa kanilang mga kapatid sa mga tubig ng Sebus, samantalang ipinagtatanggol ang mga kawan ng hari.
- 22 Ngayon, isa sa kanila, na ang kapatid na lalaki ay napatay ng espada ni Ammon, sa labis na galit kay Ammon, ay hinugot ang kanyang espada at lumusob upang itarak niya ito kay Ammon, upang patayin siya; at nang itaas niya ang espada upang saksakin siya, masdan, bumagsak siyang patay.
- 23 Ngayon nakikita nating si Ammon ay hindi maaaring mapatay, sapagkat sinabi ng Panginoon kay Mosias, na kanyang ama: Pangangalagaan ko siya, at mangyayari sa kanya alinsunod sa iyong pananampalataya—anupa't ipinagkatiwala siya ni Mosias sa Panginoon.
- 24 At ito ay nangyari na, nang mamasdan ng maraming tao na bumagsak na patay ang lalaki, na nagtaas ng espada upang patayin si Ammon, na nanaig ang takot sa kanilang lahat, at hindi nila tinangkang iunat ang kanilang mga kamay upang hawakan siya o sino man sa mga yaong nangalugmok; at nagsimula silang muling manggilalas sa kanilang sarili kung ano kaya ang sanhi ng kahanga-hangang kapangyarihang ito, o ano ang ibig sabihin ng lahat ng bagay na ito.
- 25 At ito ay nangyari na, na marami sa kanila ang nagsabi na si Ammon ang Dakilang Espiritu, at ang iba ay nagsabi naman na siya ay isinugo ng Dakilang Espiritu;
- 26 Subalit pinagsabihan silang lahat ng iba, na nagsabing isa siyang halimaw, na isinugo mula sa mga Nephita upang parusahan sila.
- 27 At may ilang nagsabing isinugo si Ammon ng Dakilang Espiritu upang sila ay pahirapan dahil sa kanilang mga kasamaan; at na ito ang Dakilang Espiritu na parating nangangalaga sa mga Nephita, na noon pa ay inililigtas sila sa kanilang mga kamay; at sinabi nilang ito ang Dakilang Espiritu na lumipol sa marami sa kanilang mga kapatid, ang mga Lamanita.

And they were also rebuked by those men who had stood at the waters of Sebus and scattered the flocks which belonged to the king, for they were angry with Ammon because of the number which he had slain of their brethren at the waters of Sebus, while defending the flocks of the king.

Now, one of them, whose brother had been slain with the sword of Ammon, being exceedingly angry with Ammon, drew his sword and went forth that he might let it fall upon Ammon, to slay him; and as he lifted the sword to smite him, behold, he fell dead.

Now we see that Ammon could not be slain, for the Lord had said unto Mosiah, his father: I will spare him, and it shall be unto him according to thy faith—therefore, Mosiah trusted him unto the Lord.

And it came to pass that when the multitude beheld that the man had fallen dead, who lifted the sword to slay Ammon, fear came upon them all, and they durst not put forth their hands to touch him or any of those who had fallen; and they began to marvel again among themselves what could be the cause of this great power, or what all these things could mean.

And it came to pass that there were many among them who said that Ammon was the Great Spirit, and others said he was sent by the Great Spirit;

But others rebuked them all, saying that he was a monster, who had been sent from the Nephites to torment them.

And there were some who said that Ammon was sent by the Great Spirit to afflict them because of their iniquities; and that it was the Great Spirit that had always attended the Nephites, who had ever delivered them out of their hands; and they said that it was this Great Spirit who had destroyed so many of their brethren, the Lamanites.

28 At sa gayon nagsimulang maging matalim ang mga pagtatalu-talo sa kanila. At samantalang sila ay nasa gayong pagtatalu-talo, ang babaing tagapagsilbi na siyang nagtipun-tipon sa maraming tao ay dumating, at nang kanyang makita ang pagtatalu-talo na nasa maraming tao siya ay labis na nalungkot, maging hanggang sa maluha.

29 At ito ay nangyari na, na siya ay lumapit at hinawakan ang kamay ng reyna na baka sakaling kanyang maitayo siya mula sa lupa; at nang hawakan niya ang kanyang kamay, siya ay bumangon at tumayo sa kanyang mga paa, at sumigaw sa isang malakas na tinig, sinasabing: O mapagpalang Jesus, na nagligtas sa akin mula sa kakila-kilabot na impiyerno! O mapagpalang Diyos, kaawaan ang mga taong ito!

30 At nang sabihin niya ito, pinagdaop niya nang mahigpit ang kanyang mga kamay, napuspos ng kagalakan, nangungusap ng maraming salitang hindi maunawaan; at nang magawa na niya ito, hinawakan niya ang hari, si Lamoni, sa kamay, at masdan, siya ay bumangon at tumayo sa kanyang mga paa.

31 At siya, kaagad-agad, nakikita ang pagtatalu-talo sa kanyang mga tao, ay lumapit at nagsimulang pagsabihan sila, at ituro sa kanila ang mga salitang kanyang narinig mula sa bibig ni Ammon; at kasindami ng nakarinig ng kanyang mga salita ay naniwala, at nagbalik-loob sa Panginoon.

32 Subalit marami sa kanila ang tumangging makinig sa kanyang mga salita; anupa't humayo sila sa kani-kanilang landas.

33 At ito ay nangyari na, nang bumangon si Ammon siya rin ay nangaral sa kanila, at gayon din ang lahat ng tagapagsilbi ni Lamoni; at ipinahayag nilang lahat sa mga tao ang gayon ding bagay—na ang kanilang mga puso ay nagbago; na wala na silang pagnanais pang gumawa ng masama.

34 At masdan, marami ang nagpahayag sa mga tao na sila ay nakakita ng mga anghel at nakipag-usap sa kanila; at sa gayon nila ipinaalam sa kanila ang mga bagay ng Diyos, at ang kanyang kabutihan.

35 At ito ay nangyari na, na marami ang naniwala sa kanilang mga salita; at kasindami ng naniwala ay bininyagan; at sila ay naging mabubuting tao, at sila ay nagtatag ng isang simbahan sa kanila.

And thus the contention began to be exceedingly sharp among them. And while they were thus contending, the woman servant who had caused the multitude to be gathered together came, and when she saw the contention which was among the multitude she was exceedingly sorrowful, even unto tears.

And it came to pass that she went and took the queen by the hand, that perhaps she might raise her from the ground; and as soon as she touched her hand she arose and stood upon her feet, and cried with a loud voice, saying: O blessed Jesus, who has saved me from an awful hell! O blessed God, have mercy on this people!

And when she had said this, she clasped her hands, being filled with joy, speaking many words which were not understood; and when she had done this, she took the king, Lamoni, by the hand, and behold he arose and stood upon his feet.

And he, immediately, seeing the contention among his people, went forth and began to rebuke them, and to teach them the words which he had heard from the mouth of Ammon; and as many as heard his words believed, and were converted unto the Lord.

But there were many among them who would not hear his words; therefore they went their way.

And it came to pass that when Ammon arose he also administered unto them, and also did all the servants of Lamoni; and they did all declare unto the people the selfsame thing—that their hearts had been changed; that they had no more desire to do evil.

And behold, many did declare unto the people that they had seen angels and had conversed with them; and thus they had told them things of God, and of his righteousness.

And it came to pass that there were many that did believe in their words; and as many as did believe were baptized; and they became a righteous people, and they did establish a church among them.

36 At sa gayon nagsimula ang gawain ng Panginoon sa mga Lamanita; sa gayon nagsimulang ibuhos ng Panginoon ang kanyang Espiritu sa kanila; at nakikita nating nakaunat ang kanyang bisig sa lahat ng taong magsisisi at maniniwala sa kanyang pangalan.

And thus the work of the Lord did commence among the Lamanites; thus the Lord did begin to pour out his Spirit upon them; and we see that his arm is extended to all people who will repent and believe on his name.

## Alma 20

- 1 At ito ay nangyari na, nang maitatag nila ang isang simbahan sa lupaing yaon, na hiniling ni haring Lamoni na samahan siya ni Ammon sa lupain ng Nephi, upang kanyang maipakilala siya sa kanyang ama.
- 2 At ang tinig ng Panginoon ay nangusap kay Ammon, sinasabing: Hindi ka aahon sa lupain ng Nephi, sapagkat masdan, pagtatangkaan ng hari ang iyong buhay; subalit magtungo ka sa lupain ng Midoni; sapagkat masdan, ang iyong kapatid na si Aaron, at gayon din si Muloki at Amma ay nasa bilangguan.
- 3 Ngayon ito ay nangyari na, nang ito ay marinig ni Ammon, sinabi niya kay Lamoni: Masdan, ang aking kapatid at mga kapanalig ay nasa bilangguan sa Midoni, at hahayo ako upang mapalaya ko sila.
- 4 Ngayon sinabi ni Lamoni kay Ammon: Nalalaman ko, sa lakas ng Panginoon ay magagawa mo ang lahat ng bagay. Subalit masdan, ako ay sasama sa iyo sa lupain ng Midoni; sapagkat ang hari ng lupaing Midoni, na ang pangalan ay Antiomno, ay aking kaibigan; kaya nga, ako ay magtutungo sa lupain ng Midoni, upang mahibok ko ang hari ng lupaing Midoni, at palalabasin niya ang iyong mga kapatid mula sa bilangguan. Ngayon sinabi ni Lamoni sa kanya: Sino ang nagsabi sa iyo na ang iyong mga kapatid ay nasa bilangguan?
- 5 At sinabi ni Ammon sa kanya: Walang sino mang nagsabi sa akin, maliban sa Diyos; at sinabi niya sa akin—Humayo at palayain ang iyong mga kapatid, sapagkat sila ay nasa bilangguan sa lupaing Midoni.
- 6 Ngayon, nang marinig ito ni Lamoni ay ipinahanda niya sa kanyang mga tagapagsilbi ang kanyang mga kabayo at kanyang mga karuwahe.
- 7 At sinabi niya kay Ammon: Halina, sasama ako sa iyo sa lupaing Midoni, at doon ako ay makikiusap sa hari na palabasin niya sa bilangguan ang iyong mga kapatid.
- 8 At ito ay nangyari na, na habang sina Ammon at Lamoni ay naglalakbay paparoon, nakasalubong nila ang ama ni Lamoni, na siyang hari ng buong lupaing Midoni.

## Alma 20

And it came to pass that when they had established a church in that land, that king Lamoni desired that Ammon should go with him to the land of Nephi, that he might show him unto his father.

And the voice of the Lord came to Ammon, saying: Thou shalt not go up to the land of Nephi, for behold, the king will seek thy life; but thou shalt go to the land of Middoni; for behold, thy brother Aaron, and also Muloki and Ammah are in prison.

Now it came to pass that when Ammon had heard this, he said unto Lamoni: Behold, my brother and brethren are in prison at Middoni, and I go that I may deliver them.

Now Lamoni said unto Ammon: I know, in the strength of the Lord thou canst do all things. But behold, I will go with thee to the land of Middoni; for the king of the land of Middoni, whose name is Antiomno, is a friend unto me; therefore I go to the land of Middoni, that I may flatter the king of the land, and he will cast thy brethren out of prison. Now Lamoni said unto him: Who told thee that thy brethren were in prison?

And Ammon said unto him: No one hath told me, save it be God; and he said unto me—Go and deliver thy brethren, for they are in prison in the land of Middoni.

Now when Lamoni had heard this he caused that his servants should make ready his horses and his chariots.

And he said unto Ammon: Come, I will go with thee down to the land of Middoni, and there I will plead with the king that he will cast thy brethren out of prison.

And it came to pass that as Ammon and Lamoni were journeying thither, they met the father of Lamoni, who was king over all the land.

- 9 At masdan, sinabi ng ama ni Lamoni sa kanya: Bakit hindi ka nagtungo sa piging ng dakilang araw na yaon nang magpapiging ako para sa aking mga anak, at sa aking mga tao?
- 10 At sinabi rin niya: Saan ka patutungo kasama ng Nephita na ito, na isa sa mga anak ng sinungaling?
- 11 At ito ay nangyari na, na ipinaalam sa kanya ni Lamoni kung saan siya patutungo, sapagkat siya ay natakot na magdamdam siya.
- 12 At sinabi rin niya sa kanya ang lahat ng dahilan ng pananatili niya sa kanyang sariling kaharian, kung kaya't hindi siya nakatungo sa kanyang ama sa piging na inihanda niya.
- 13 At ngayon, nang maipaalam sa kanya ni Lamoni ang lahat ng bagay na ito, masdan, sa panggigilalas niya, ang kanyang ama ay nagalit sa kanya, at nagsabi: Lamoni, isusuko mo ang mga Nephita na ito, na mga anak ng sinungaling. Masdan, nilooban niya ang ating mga ama; at ngayon, ang kanyang mga anak ay nakikihalubilo na rin sa atin upang magawa nila, sa pamamagitan ng kanilang katusuhan at kanilang mga kasinungalingan, na linlangin tayo, upang muli nila tayong malooban ng ating mga ari-arian.
- 14 Ngayon inutusan si Lamoni ng kanyang ama na kanyang nararapat patayin si Ammon sa pamamagitan ng espada. At kanyang inutusan din siya na hindi siya nararapat na magtungo sa lupain ng Midoni, kundi siya ay nararapat na magbalik kasama niya sa lupain ng Ismael.
- 15 Subalit sinabi ni Lamoni sa kanya: Hindi ko papatayin si Ammon, ni ang magbalik ako sa lupain ng Ismael, kundi ako ay magtutungo sa lupain ng Midoni upang mapalaya ko ang mga kapatid ni Ammon, sapagkat nalalaman kong sila ay mga taong makatarungan at mga banal na propeta ng tunay na Diyos.
- 16 Ngayon, nang marinig ng kanyang ama ang mga salitang ito, siya ay nagalit sa kanya, at hinugot ang kanyang espada upang saksakin siya pabagsak sa lupa.

And behold, the father of Lamoni said unto him: Why did ye not come to the feast on that great day when I made a feast unto my sons, and unto my people?

And he also said: Whither art thou going with this Nephite, who is one of the children of a liar?

And it came to pass that Lamoni rehearsed unto him whither he was going, for he feared to offend him.

And he also told him all the cause of his tarrying in his own kingdom, that he did not go unto his father to the feast which he had prepared.

And now when Lamoni had rehearsed unto him all these things, behold, to his astonishment, his father was angry with him, and said: Lamoni, thou art going to deliver these Nephites, who are sons of a liar. Behold, he robbed our fathers; and now his children are also come amongst us that they may, by their cunning and their lyings, deceive us, that they again may rob us of our property.

Now the father of Lamoni commanded him that he should slay Ammon with the sword. And he also commanded him that he should not go to the land of Middoni, but that he should return with him to the land of Ishmael.

But Lamoni said unto him: I will not slay Ammon, neither will I return to the land of Ishmael, but I go to the land of Middoni that I may release the brethren of Ammon, for I know that they are just men and holy prophets of the true God.

Now when his father had heard these words, he was angry with him, and he drew his sword that he might smite him to the earth.



17 Subalit tumindig si Ammon at sinabi sa kanya: Masdan, hindi ninyo papatayin ang inyong anak; gayon pa man, higit na mabuting siya ay bumagsak kaysa sa inyo, sapagkat masdan, siya ay nagsisi na ng kanyang mga kasalanan; subalit kung babagsak kayo sa panahong ito, sa inyong galit, ang inyong kaluluwa ay hindi maliligtas.

18 At muli, kinakailangang magpigil kayo; sapagkat kung papatayin ninyo ang inyong anak, siya na isang taong walang sala, ang kanyang dugo ay dadaing mula sa lupa sa Panginoon niyang Diyos, upang ang paghihiganti ay mapasainyo; at malamang na mawala sa inyo ang inyong kaluluwa.

19 Ngayon, nang sabihin ni Ammon ang mga salitang ito sa kanya, kanyang tinugon siya, sinasabing: Nalalaman ko na kung papatayin ko ang aking anak, na padadanakin ko ang dugo ng walang sala; sapagkat ikaw ang naghangad na mapatay siya.

20 At iniunat niya ang kanyang kamay upang patayin si Ammon. Subalit napaglabanan ni Ammon ang kanyang mga saksak, at sinugatan din ang kanyang kamay upang hindi niya ito magamit.

21 Ngayon, nang makita ng hari na siya ay kayang patayin ni Ammon, na siya ay nagsimulang magmakaawa kay Ammon na huwag kitlin ang kanyang buhay.

22 Subalit itinaas ni Ammon ang kanyang espada, at sinabi sa kanya: Masdan, sasaksakin kita maliban sa inyong ipagkaloob sa akin na ang aking mga kapatid ay mapalaya sa bilangguan.

23 Ngayon, ang hari, natatakot na mawala ang kanyang buhay, ay nagsabi: Kung hindi mo ako papatayin ay ipagkakaloob ko sa iyo ang ano mang hihingin mo, maging ang kalahati ng kaharian.

24 Ngayon, nang makita ni Ammon na nagawa niya sa matandang hari ang alinsunod sa kanyang nais, ay sinabi niya sa kanya: Kung ipagkakaloob ninyo na ang aking mga kapatid ay palabasin sa bilangguan, at na mananatili rin kay Lamoni ang kanyang kaharian, at hindi kayo magagalit sa kanya, kundi ipagkakaloob na magawa niya ang naaayon sa kanyang sariling mga naisin sa ano mang bagay na iniisip niya, sa gayon hindi kita papatayin; kung hindi kayo ay sasaksakin ko pabagsak sa lupa.

But Ammon stood forth and said unto him: Behold, thou shalt not slay thy son; nevertheless, it were better that he should fall than thee, for behold, he has repented of his sins; but if thou shouldst fall at this time, in thine anger, thy soul could not be saved.

And again, it is expedient that thou shouldst forbear; for if thou shouldst slay thy son, he being an innocent man, his blood would cry from the ground to the Lord his God, for vengeance to come upon thee; and perhaps thou wouldst lose thy soul.

Now when Ammon had said these words unto him, he answered him, saying: I know that if I should slay my son, that I should shed innocent blood; for it is thou that hast sought to destroy him.

And he stretched forth his hand to slay Ammon. But Ammon withstood his blows, and also smote his arm that he could not use it.

Now when the king saw that Ammon could slay him, he began to plead with Ammon that he would spare his life.

But Ammon raised his sword, and said unto him: Behold, I will smite thee except thou wilt grant unto me that my brethren may be cast out of prison.

Now the king, fearing he should lose his life, said: If thou wilt spare me I will grant unto thee whatsoever thou wilt ask, even to half of the kingdom.

Now when Ammon saw that he had wrought upon the old king according to his desire, he said unto him: If thou wilt grant that my brethren may be cast out of prison, and also that Lamoni may retain his kingdom, and that ye be not displeased with him, but grant that he may do according to his own desires in whatsoever thing he thinketh, then will I spare thee; otherwise I will smite thee to the earth.

25 Ngayon, nang sabihin ni Ammon ang mga salitang ito, ang hari ay nagsimulang magsaya dahil sa kanyang buhay.

26 At nang makita niyang walang hangad si Ammon na patayin siya, at nang kanya ring makita ang dakilang pagmamahal na taglay niya para sa kanyang anak na si Lamoni, siya ay labis na nanggilalas, at sinabi: Dahil sa ito lamang ang hiniling mo, na palayain ko ang iyong mga kapatid, at pahintulutang manatili sa anak kong si Lamoni ang kanyang kaharian, masdan, ipagkakaloob ko sa iyo na manatili sa aking anak ang kanyang kaharian mula ngayon at magpakailanman; at hindi ko na siya pamamahalaan pa—

27 At ipagkakaloob ko rin sa iyo na ang iyong mga kapatid ay mapalabas sa bilangguan, at makatutungo ka at ang iyong mga kapatid sa akin, sa aking kaharian; sapagkat lubos kong nanaising makita ka. Sapagkat ang hari ay labis na nanggilalas sa mga salitang sinabi niya, at sa mga salita ring sinabi ng kanyang anak na si Lamoni, kung kaya't nagnais siyang malaman ang mga ito.

28 At ito ay nangyari na, na sina Ammon at Lamoni ay nagpatuloy sa kanilang paglalakbay patungo sa lupain ng Midoni. At nakuha ni Lamoni ang pagsang-ayon sa paningin ng hari ng lupain; kaya nga, ang mga kapatid ni Ammon ay pinalabas sa bilangguan.

29 At nang makatagpo sila ni Ammon siya ay labis na nalungkot, sapagkat masdan, sila ay mga nakahubad, at ang kanilang mga balat ay labis na nagasgas dahil sa pagkakagapos ng matitibay na lubid. At sila ay nagdanas din ng gutom, uhaw, at lahat ng uri ng paghihirap; gayon pa man, sila ay naging matiisin sa lahat ng kanilang mga pagdurusa.

Now when Ammon had said these words, the king began to rejoice because of his life.

And when he saw that Ammon had no desire to destroy him, and when he also saw the great love he had for his son Lamoni, he was astonished exceedingly, and said: Because this is all that thou hast desired, that I would release thy brethren, and suffer that my son Lamoni should retain his kingdom, behold, I will grant unto you that my son may retain his kingdom from this time and forever; and I will govern him no more—

And I will also grant unto thee that thy brethren may be cast out of prison, and thou and thy brethren may come unto me, in my kingdom; for I shall greatly desire to see thee. For the king was greatly astonished at the words which he had spoken, and also at the words which had been spoken by his son Lamoni, therefore he was desirous to learn them.

And it came to pass that Ammon and Lamoni proceeded on their journey towards the land of Middoni. And Lamoni found favor in the eyes of the king of the land; therefore the brethren of Ammon were brought forth out of prison.

And when Ammon did meet them he was exceedingly sorrowful, for behold they were naked, and their skins were worn exceedingly because of being bound with strong cords. And they also had suffered hunger, thirst, and all kinds of afflictions; nevertheless they were patient in all their sufferings.

30 At, tulad ng nangyari, naging palad nilang mahulog sa mga kamay ng higit na matitigas at higit na matitigas ang leeg na mga tao; kung kaya't sila ay tumangging makinig sa kanilang mga salita, at kanilang itinaboy silang palabas, at hinambalos sila, at itinaboy sila mula sa bahay-bahay, at mula sa isang lugar sa isa pang lugar, maging hanggang sa makarating sila sa lupain ng Midoni; at doon sila ay dinakip at itinapon sa bilangguan, at iginapos ng matitibay na lubid, at nanatili sa bilangguan sa loob ng maraming araw, at pinalaya nina Lamoni at Ammon.

And, as it happened, it was their lot to have fallen into the hands of a more hardened and a more stiff-necked people; therefore they would not hearken unto their words, and they had cast them out, and had smitten them, and had driven them from house to house, and from place to place, even until they had arrived in the land of Middoni; and there they were taken and cast into prison, and bound with strong cords, and kept in prison for many days, and were delivered by Lamoni and Ammon.

*Ang ulat ng pangangaral nina Aaron, at Muloki, at ng kanilang mga kapatid, sa mga Lamanita.*

## Alma 21

- 1 Ngayon, nang maghiwa-hiwalay si Ammon at ang kanyang mga kapatid sa mga hangganan ng lupain ng mga Lamanita, masdan, si Aaron ay humayo sa kanyang paglalakbay patungo sa lupaing tinatawag ng mga Lamanita na Jerusalem, tinawag ito alinsunod sa lupang sinilangan ng kanilang mga ama; at ito ay malayo na nagdurugtong sa mga hangganan ng Mormon.
- 2 Ngayon, ang mga Lamanita at ang mga Amalekita at ang mga tao ni Amulon ay nagtayo ng isang dakilang lunsod, na tinawag na Jerusalem.
- 3 Ngayon, ang mga Lamanita sa kanilang sarili ay tunay na matitigas, subalit ang mga Amalekita at ang mga Amulonita ay higit na matitigas; anupa't nagawa nilang patigasin ng mga Lamanita ang kanilang mga puso, upang sila ay maging matatag sa kasamaan at sa kanilang mga karumal-dumal na gawain.
- 4 At ito ay nangyari na, na si Aaron ay dumating sa lunsod ng Jerusalem, at unang nagsimulang mangaral sa mga Amalekita. At siya ay nagsimulang mangaral sa kanila sa kanilang mga sinagoga, sapagkat sila ay nagtayo ng mga sinagoga alinsunod sa orden ng mga Nehor; sapagkat marami sa mga Amalekita at mga Amulonita ang naaalinsunod sa orden ng mga Nehor.
- 5 Samakatwid, nang pumasok si Aaron sa isa sa kanilang mga sinagoga upang mangaral sa mga tao, at habang nangungusap siya sa kanila, masdan, may tumindig na isang Amalekita at nagsimulang makipagtalo sa kanya, sinasabing: Ano itong pinatototohanan mo? Nakakita ka ba ng anghel? Bakit hindi nagpapakita sa amin ang mga anghel? Masdan, hindi ba't kasingbuti ng mga taong ito ang iyong mga tao?

*An account of the preaching of Aaron, and Muloki, and their brethren, to the Lamanites.*

## Alma 21

Now when Ammon and his brethren separated themselves in the borders of the land of the Lamanites, behold Aaron took his journey towards the land which was called by the Lamanites, Jerusalem, calling it after the land of their fathers' nativity; and it was away joining the borders of Mormon.

Now the Lamanites and the Amalekites and the people of Amulon had built a great city, which was called Jerusalem.

Now the Lamanites of themselves were sufficiently hardened, but the Amalekites and the Amulonites were still harder; therefore they did cause the Lamanites that they should harden their hearts, that they should wax strong in wickedness and their abominations.

And it came to pass that Aaron came to the city of Jerusalem, and first began to preach to the Amalekites. And he began to preach to them in their synagogues, for they had built synagogues after the order of the Nehors; for many of the Amalekites and the Amulonites were after the order of the Nehors.

Therefore, as Aaron entered into one of their synagogues to preach unto the people, and as he was speaking unto them, behold there arose an Amalekite and began to contend with him, saying: What is that thou hast testified? Hast thou seen an angel? Why do not angels appear unto us? Behold are not this people as good as thy people?

6 Sinabi mo rin, maliban kung kami ay magsisisi na kami ay masasawi. Paano mo nalaman ang nasasaloob at layunin ng aming mga puso? Paano mo nalamang may dahilan upang kami ay magsisi? Paano mo nalamang hindi kami mabubuting tao? Masdan, kami ay nagtayo ng mga santuwaryo, at sama-samang tinitipon namin ang aming sarili upang sumamba sa Diyos. Kami ay naniniwalang ililigtas ng Diyos ang lahat ng tao.

7 Ngayon sinabi ni Aaron sa kanya: Naniniwala ka bang paparito ang Anak ng Diyos upang tubusin ang sangkatauhan mula sa kanilang mga kasalanan?

8 At sinabi ng lalaki sa kanya: Hindi kami naniniwalang nalalaman mo ang gayong bagay. Hindi kami naniniwala sa mga hangal na kaugaliang ito. Hindi kami naniniwalang nalalaman mo ang mga bagay na mangyayari, ni naniniwala kami na ang iyong mga ama at gayon din ang aming mga ama ay nalaman ang hinggil sa mga bagay na kanilang sinabi, na darating.

9 Ngayon nagsimulang buklatin ni Aaron sa kanila ang mga banal na kasulatan hinggil sa pagparito ni Cristo, at gayon din ang hinggil sa pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, at na hindi magkakaroon ng pagtubos para sa sangkatauhan maliban sa pamamagitan ng kamatayan at mga pagpapakasakit ni Cristo, at ng pagbabayad-sala ng kanyang dugo.

10 At ito ay nangyari na, nang simulan niyang ipaliwanag sa kanila ang mga bagay na ito na sila ay nagalit sa kanya, at nagsimulang kutyain siya; at tumanggi silang makinig sa mga salitang kanyang sinabi.

11 Anupa't nang makita niyang tumanggi silang makinig sa kanyang mga salita, nilisan niya ang kanilang sinagoga, at nagtungo sa isang nayon na tinatawag na Ani-Anti, at doon niya natagpuan si Muloki na ipinangangaral ang salita sa kanila; at gayon din si Amma at ang kanyang mga kapatid. At sila ay nakipagtalo sa marami tungkol sa salita.

12 At ito ay nangyari na, na nakita nilang pinatitigas ng mga tao ang kanilang mga puso, kung kaya't sila ay lumisan at nakarating sa lupain ng Midoni. At ipinangaral nila ang salita sa marami, at kakaunti ang naniwala sa mga salitang kanilang itinuro.

Thou also sayest, except we repent we shall perish. How knowest thou the thought and intent of our hearts? How knowest thou that we have cause to repent? How knowest thou that we are not a righteous people? Behold, we have built sanctuaries, and we do assemble ourselves together to worship God. We do believe that God will save all men.

Now Aaron said unto him: Believest thou that the Son of God shall come to redeem mankind from their sins?

And the man said unto him: We do not believe that thou knowest any such thing. We do not believe in these foolish traditions. We do not believe that thou knowest of things to come, neither do we believe that thy fathers and also that our fathers did know concerning the things which they spake, of that which is to come.

Now Aaron began to open the scriptures unto them concerning the coming of Christ, and also concerning the resurrection of the dead, and that there could be no redemption for mankind save it were through the death and sufferings of Christ, and the atonement of his blood.

And it came to pass as he began to expound these things unto them they were angry with him, and began to mock him; and they would not hear the words which he spake.

Therefore, when he saw that they would not hear his words, he departed out of their synagoga, and came over to a village which was called Ani-Anti, and there he found Muloki preaching the word unto them; and also Ammah and his brethren. And they contended with many about the word.

And it came to pass that they saw that the people would harden their hearts, therefore they departed and came over into the land of Midoni. And they did preach the word unto many, and few believed on the words which they taught.

13 Gayon pa man, si Aaron at ilang bilang ng kanyang mga kapatid ay dinakip at itinapon sa bilangguan, at ang nalalabi sa kanila ay nagsitakas sa lupain ng Midoni patungo sa mga lugar sa palibot.

14 At yaong mga itinapon sa bilangguan ay nagdusa ng maraming bagay, at sila ay nakalaya sa pamamagitan ng kamay nina Lamoni at Ammon, at sila ay pinakain at dinamitan.

15 At sila ay humayong muli upang ipahayag ang salita, at sa gayon sila nakalaya sa unang pagkakataon sa bilangguan; at sa gayon sila nagdusa.

16 At sila ay humayo saan man sila akayin ng Espiritu ng Panginoon, ipinangangaral ang salita ng Diyos sa lahat ng sinagoga ng mga Amalekita, o sa bawat pagtitipon ng mga Lamanita kung saan sila maaaring tanggapin.

17 At ito ay nangyari na, na nagsimulang pagpalain sila ng Panginoon, kung kaya nga't nadala nila ang marami sa kaalaman ng katotohanan; oo, napaniwala nila ang marami tungkol sa kanilang mga kasalanan, at sa mga kaugalian ng kanilang mga ama, na hindi tama.

18 At ito ay nangyari na, na sina Ammon at Lamoni ay nagbalik sa lupain ng Ismael mula sa lupain ng Midoni, na lupaing kanilang mana.

19 At hindi pinahintulutan ni haring Lamoni na si Ammon ay maglingkod sa kanya; o maging kanyang tagapagsilbi.

20 Kundi ipinag-utos niyang magtayo ng mga sinagoga sa lupain ng Ismael; at ipinag-utos niya na ang kanyang mga tao, o ang mga taong nasa ilalim ng kanyang panunungkulan, ay nararapat na samasamang magtipon ng kanilang sarili.

21 At siya ay nagsaya hinggil sa kanila, at kanyang tinuruan sila ng maraming bagay. At ipinahayag din niya sa kanila na sila'y mga taong nasasakupan niya, at na sila'y mga taong malaya, na sila ay malaya mula sa mga pang-aapi ng hari, na kanyang ama; sapagkat ipinagkaloob ng kanyang ama sa kanya na siya ay makapamahala sa mga tao na nasa lupain ng Ismael, at sa lahat ng lupain sa palibot.

Nevertheless, Aaron and a certain number of his brethren were taken and cast into prison, and the remainder of them fled out of the land of Middoni unto the regions round about.

And those who were cast into prison suffered many things, and they were delivered by the hand of Lamoni and Ammon, and they were fed and clothed.

And they went forth again to declare the word, and thus they were delivered for the first time out of prison; and thus they had suffered.

And they went forth whithersoever they were led by the Spirit of the Lord, preaching the word of God in every synagogue of the Amalekites, or in every assembly of the Lamanites where they could be admitted.

And it came to pass that the Lord began to bless them, insomuch that they brought many to the knowledge of the truth; yea, they did convince many of their sins, and of the traditions of their fathers, which were not correct.

And it came to pass that Ammon and Lamoni returned from the land of Middoni to the land of Ishmael, which was the land of their inheritance.

And king Lamoni would not suffer that Ammon should serve him, or be his servant.

But he caused that there should be synagogues built in the land of Ishmael; and he caused that his people, or the people who were under his reign, should assemble themselves together.

And he did rejoice over them, and he did teach them many things. And he did also declare unto them that they were a people who were under him, and that they were a free people, that they were free from the oppressions of the king, his father; for that his father had granted unto him that he might reign over the people who were in the land of Ishmael, and in all the land round about.

22 At ipinahayag din niya sa kanila na sila ay may kalayaan sa pagsamba sa Panginoon nilang Diyos alinsunod sa kanilang mga naisin, saan mang lugar sila naroroon, kung ito ay nasa lupain na nasa ilalim ng paghahari ni haring Lamoni.

23 At si Ammon ay nangaral sa mga tao ni haring Lamoni; at ito ay nangyari na, na itinuro niya sa kanila ang lahat ng bagay hinggil sa mga bagay na nauukol sa kabutihan. At kanyang araw-araw na pinapayuhan sila, nang buong sigasig; at kanilang pinakinggan ang kanyang salita, at sila ay naging masigasig sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos.

And he also declared unto them that they might have the liberty of worshiping the Lord their God according to their desires, in whatsoever place they were in, if it were in the land which was under the reign of king Lamoni.

And Ammon did preach unto the people of king Lamoni; and it came to pass that he did teach them all things concerning things pertaining to righteousness. And he did exhort them daily, with all diligence; and they gave heed unto his word, and they were zealous for keeping the commandments of God.

## Alma 22

- 1 Ngayon, habang si Ammon ay nasa gayong patuloy na pagtuturo sa mga tao ni Lamoni, magbabalik tayo sa ulat ni Aaron at ng kanyang mga kapatid; sapagkat matapos niyang lisanin ang lupain ng Midoni, siya ay inakay ng Espiritu sa lupain ng Nephi, maging sa tahanan ng hari ng buong lupain maliban sa lupain ng Ismael; at siya ang ama ni Lamoni.
- 2 At ito ay nangyari na, na siya ay pumasok sa kanya sa palasyo ng hari, kasama ang kanyang mga kapatid, at iniyukod ang kanyang sarili sa harapan ng hari, at sinabi sa kanya: Masdan, O hari, kami ang mga kapatid ni Ammon, na inyong pinalaya mula sa bilangguan.
- 3 At ngayon, O hari, kung hindi ninyo kikitlin ang aming mga buhay, kami ay inyong magiging mga tagapagsilbi. At sinabi ng hari sa kanila: Tumindig, sapagkat ipagkakaloob ko sa inyo ang inyong mga buhay, at hindi ko pahihintulutan na kayo ay aking maging mga tagapagsilbi; kundi ipagpipilitan kong kayo ay mangaral sa akin; sapagkat ako'y tila bagang nabagabag sa isipan dahil sa kagandahang-loob at kadakilaan ng mga salita ng inyong kapatid na si Ammon; at nais kong malaman ang dahilan kung bakit hindi siya lumisang kasama kayo sa Midoni.
- 4 At sinabi ni Aaron sa hari: Masdan, ang Espiritu ng Panginoon ay tinawag siya sa ibang dako; siya ay nagtungo sa lupain ng Ismael upang turuan ang mga tao ni Lamoni.
- 5 Ngayon sinabi ng hari sa kanila: Ano itong inyong sinabi hinggil sa Espiritu ng Panginoon? Masdan, ito ang bagay na bumabagabag sa akin.
- 6 At gayon din, ano itong sinabi ni Ammon—Kung kayo ay magsisisi kayo ay maliligtas, at kung kayo ay hindi magsisisi, kayo ay itatakwil sa huling araw?
- 7 At tinugon siya ni Aaron at sinabi sa kanya: Naniniwala ba kayong may Diyos? At sinabi ng hari: Alam kong sinasabi ng mga Amalekita na may Diyos, at pinahintulutan ko silang makapagtayo ng kanilang mga santuwaryo, upang sama-samang matipon nila ang kanilang sarili na sambahin siya. At kung sasabihin mo ngayon na may Diyos, masdan, ako ay maniniwala.

## Alma 22

Now, as Ammon was thus teaching the people of Lamoni continually, we will return to the account of Aaron and his brethren; for after he departed from the land of Middoni he was led by the Spirit to the land of Nephi, even to the house of the king which was over all the land save it were the land of Ishmael; and he was the father of Lamoni.

And it came to pass that he went in unto him into the king's palace, with his brethren, and bowed himself before the king, and said unto him: Behold, O king, we are the brethren of Ammon, whom thou hast delivered out of prison.

And now, O king, if thou wilt spare our lives, we will be thy servants. And the king said unto them: Arise, for I will grant unto you your lives, and I will not suffer that ye shall be my servants; but I will insist that ye shall administer unto me; for I have been somewhat troubled in mind because of the generosity and the greatness of the words of thy brother Ammon; and I desire to know the cause why he has not come up out of Middoni with thee.

And Aaron said unto the king: Behold, the Spirit of the Lord has called him another way; he has gone to the land of Ishmael, to teach the people of Lamoni.

Now the king said unto them: What is this that ye have said concerning the Spirit of the Lord? Behold, this is the thing which doth trouble me.

And also, what is this that Ammon said—If ye will repent ye shall be saved, and if ye will not repent, ye shall be cast off at the last day?

And Aaron answered him and said unto him: Believest thou that there is a God? And the king said: I know that the Amalekites say that there is a God, and I have granted unto them that they should build sanctuaries, that they may assemble themselves together to worship him. And if now thou sayest there is a God, behold I will believe.



- 8 At ngayon, nang ito ay marinig ni Aaron, ang kanyang puso ay nagsimulang magsaya, at sinabi niya: Masdan, tunay na yamang kayo ay buhay, O hari, ay may Diyos.
- 9 At sinabi ng hari: Ang Diyos ba ay yaong Dakilang Espiritu na siyang nagdalang palabas sa ating mga ama sa lupain ng Jerusalem?
- 10 At sinabi ni Aaron sa kanya: Oo, siya yaong Dakilang Espiritu, at nilikha niya ang lahat ng bagay kapwa nasa langit at nasa lupa. Naniniwala ba kayo rito?
- 11 At sinabi niya: Oo, ako ay naniniwalang nilikha ng Dakilang Espiritu ang lahat ng bagay, at hinihiling kong sabihin mo sa akin ang hinggil sa lahat ng bagay na ito, at ako ay maniniwala sa iyong mga salita.
- 12 At ito ay nangyari na, nang makita ni Aaron na maniniwala ang hari sa kanyang mga salita, nagsimula siya mula sa paglikha kay Adan, binabasa ang mga banal na kasulatan sa hari—kung paano nilikha ng Diyos ang tao sa kanyang sariling wangis, at na binigyan siya ng Diyos ng mga kautusan, at na dahil sa paglabag, ang tao ay nahulog.
- 13 At ipinaliwanag ni Aaron sa kanya ang mga banal na kasulatan mula sa paglikha kay Adan, isinalaysay ang pagkahulog ng tao sa kanyang harapan, at kanilang makalupang kalagayan, at gayon din ang plano ng pagtubos, na inihanda mula pa sa pagkakatatag ng daigdig, sa pamamagitan ni Cristo, para sa lahat ng sino mang maniniwala sa kanyang pangalan.
- 14 At dahil sa nahulog ang tao siya ay walang karapatan sa alinmang bagay para sa kanyang sarili; subalit ang mga pagpapakasakit at kamatayan ni Cristo ang magbabayad-sala para sa kanilang mga kasalanan, sa pamamagitan ng pananampalataya at pagsisisi, at iba pa; at nilagot niya ang mga gapos ng kamatayan, upang ang libingan ay hindi magtagumpay, at ang tibo ng kamatayan ay malamon sa pag-asa ng kaluwalhatian; at ang lahat ng bagay na ito ay ipinaliwanag ni Aaron sa hari.

And now when Aaron heard this, his heart began to rejoice, and he said: Behold, assuredly as thou livest, O king, there is a God.

And the king said: Is God that Great Spirit that brought our fathers out of the land of Jerusalem?

And Aaron said unto him: Yea, he is that Great Spirit, and he created all things both in heaven and in earth. Believest thou this?

And he said: Yea, I believe that the Great Spirit created all things, and I desire that ye should tell me concerning all these things, and I will believe thy words.

And it came to pass that when Aaron saw that the king would believe his words, he began from the creation of Adam, reading the scriptures unto the king—how God created man after his own image, and that God gave him commandments, and that because of transgression, man had fallen.

And Aaron did expound unto him the scriptures from the creation of Adam, laying the fall of man before him, and their carnal state and also the plan of redemption, which was prepared from the foundation of the world, through Christ, for all whosoever would believe on his name.

And since man had fallen he could not merit anything of himself; but the sufferings and death of Christ atone for their sins, through faith and repentance, and so forth; and that he breaketh the bands of death, that the grave shall have no victory, and that the sting of death should be swallowed up in the hopes of glory; and Aaron did expound all these things unto the king.

15 At ito ay nangyari na, na matapos ipaliwanag ni Aaron ang mga bagay na ito sa kanya, ay sinabi ng hari: Ano ang nararapat kong gawin upang magkaroon ako nitong buhay na walang hanggan na sinabi mo? Oo, ano ang nararapat kong gawin upang isilang sa Diyos, nang ang masamang espiritung ito ay mabunot mula sa aking dibdib, at matanggap ang kanyang Espiritu, upang ako ay mapuspos ng galak, upang hindi ako maitakwil sa huling araw? Masdan, sinabi niya, tatalikuran ko ang lahat ng aking pag-aari, oo, tatalikuran ko ang aking kaharian, upang matanggap ko ang labis na kagalakang ito.

16 Subalit sinabi sa kanya ni Aaron: Kung ninanais ninyo ang bagay na ito, kung kayo ay yuyukod sa harapan ng Diyos, oo, kung magsisisi kayo sa lahat ng inyong mga kasalanan, at yuyukod sa harapan ng Diyos, at mananawagan sa kanyang pangalan nang may pananampalataya, naniniwalang makatatanggap kayo, sa gayon inyong matatanggap ang pag-asang ninanais ninyo.

17 At ito ay nangyari na, nang sabihin ni Aaron ang mga salitang ito, na lumuhod ang hari sa harapan ng Panginoon, sa kanyang mga tuhod; oo, maging sa itinirapa niya ang kanyang sarili sa lupa, at nagsumamo nang taimtim, sinasabing:

18 O Diyos, sinabi sa akin ni Aaron na may Diyos; at kung may Diyos, at kung kayo ay Diyos, maaari bang ipakilala ninyo ang inyong sarili sa akin, at tatalikuran ko ang lahat ng aking kasalanan upang makilala kayo, at upang magbangon ako mula sa pagkamatay, at maligtas sa huling araw. At ngayon, nang sabihin ng hari ang mga salitang ito, siya ay bumagsak na tila bagang siya'y patay na.

19 At ito ay nangyari na, na ang kanyang mga tagapagsilbi ay nagtakbuhan at sinabi sa reyna ang lahat ng nangyari sa hari. At siya ay nagtungo sa hari; at nang makita niyang nakahiga siya na tila bagang siya'y patay na, at gayon din si Aaron at ang kanyang mga kapatid na nakatindig na tila bagang sila ang dahilan ng kanyang pagbagsak, na siya ay nagalit sa kanila, at nag-utos sa kanyang mga tagapagsilbi, o sa mga tagapagsilbi ng hari, na dakpin sila at patayin sila.

And it came to pass that after Aaron had expounded these things unto him, the king said: What shall I do that I may have this eternal life of which thou hast spoken? Yea, what shall I do that I may be born of God, having this wicked spirit rooted out of my breast, and receive his Spirit, that I may be filled with joy, that I may not be cast off at the last day? Behold, said he, I will give up all that I possess, yea, I will forsake my kingdom, that I may receive this great joy.

But Aaron said unto him: If thou desirest this thing, if thou wilt bow down before God, yea, if thou wilt repent of all thy sins, and will bow down before God, and call on his name in faith, believing that ye shall receive, then shalt thou receive the hope which thou desirest.

And it came to pass that when Aaron had said these words, the king did bow down before the Lord, upon his knees; yea, even he did prostrate himself upon the earth, and cried mightily, saying:

O God, Aaron hath told me that there is a God; and if there is a God, and if thou art God, wilt thou make thyself known unto me, and I will give away all my sins to know thee, and that I may be raised from the dead, and be saved at the last day. And now when the king had said these words, he was struck as if he were dead.

And it came to pass that his servants ran and told the queen all that had happened unto the king. And she came in unto the king; and when she saw him lay as if he were dead, and also Aaron and his brethren standing as though they had been the cause of his fall, she was angry with them, and commanded that her servants, or the servants of the king, should take them and slay them.

- 20 Ngayon, nakita ng mga tagapagsilbi ang dahilan ng pagbagsak ng hari, kung kaya't hindi sila nagtangkang ihawak ang kanilang mga kamay kay Aaron at sa kanyang mga kapatid; at sila ay nagmakaawa sa reyna, sinasabing: Bakit nag-uutos kayong patayin namin ang mga taong ito, samantalang masdan, ang isa sa kanila ay higit na malakas kaysa sa aming lahat? Anupa't kami ay babagsak sa kanilang harapan.
- 21 Ngayon, nang makita ng reyna ang takot ng mga tagapagsilbi, siya rin ay nagsimulang matakot nang labis, na baka may kung anong masamang mangyari sa kanya. At inutusan niya ang kanyang mga tagapagsilbi na magsihayo at tawagin ang mga tao, upang kanilang patayin si Aaron at ang kanyang mga kapatid.
- 22 Ngayon, nang makita ni Aaron ang matibay na hangarin ng reyna, siya, na nalalaman din ang katigasan ng mga puso ng mga tao, ay nangambang baka maraming tao ang sama-samang tipunin ang kanilang sarili, at magkaroon ng malaking alitan at kaguluhan sa kanila; kung kaya't iniunat niya ang kanyang kamay at ibinangon ang hari mula sa lupa, at sinabi sa kanya: Tumindig. At siya ay tumindig sa kanyang mga paa, nanumbalik ang kanyang lakas.
- 23 Ngayon, ito ay naganap sa harapan ng reyna at marami sa mga tagapagsilbi. At nang ito ay makita nila, sila ay labis na nanggilalas, at nagsimulang matakot. At tumindig ang hari, at nagsimulang mangaral sa kanila. At siya ay nangaral sa kanila, kung kaya nga't ang buo niyang sambahayan ay nagbalik-loob sa Panginoon.
- 24 Ngayon maraming tao ang sama-samang nagtipon dahil sa utos ng reyna, at nagsimulang magkaroon ng malaking bulung-bulungan sa kanila dahil kay Aaron at sa kanyang mga kapatid.
- 25 Subalit tumindig ang hari sa kanila at nangaral sa kanila. At sila ay napapayapa kay Aaron at sa mga yaong kasama niya.
- 26 At ito ay nangyari na, nang makita ng hari na ang mga tao ay napapayapa, na pinatindig niya si Aaron at ang kanyang mga kapatid sa gitna ng maraming tao, at nang maipangaral nila ang salita sa kanila.

Now the servants had seen the cause of the king's fall, therefore they durst not lay their hands on Aaron and his brethren; and they pled with the queen saying: Why commandest thou that we should slay these men, when behold one of them is mightier than us all? Therefore we shall fall before them.

Now when the queen saw the fear of the servants she also began to fear exceedingly, lest there should some evil come upon her. And she commanded her servants that they should go and call the people, that they might slay Aaron and his brethren.

Now when Aaron saw the determination of the queen, he, also knowing the hardness of the hearts of the people, feared lest that a multitude should assemble themselves together, and there should be a great contention and a disturbance among them; therefore he put forth his hand and raised the king from the earth, and said unto him: Stand. And he stood upon his feet, receiving his strength.

Now this was done in the presence of the queen and many of the servants. And when they saw it they greatly marveled, and began to fear. And the king stood forth, and began to minister unto them. And he did minister unto them, insomuch that his whole household were converted unto the Lord.

Now there was a multitude gathered together because of the commandment of the queen, and there began to be great murmurings among them because of Aaron and his brethren.

But the king stood forth among them and administered unto them. And they were pacified towards Aaron and those who were with him.

And it came to pass that when the king saw that the people were pacified, he caused that Aaron and his brethren should stand forth in the midst of the multitude, and that they should preach the word unto them.

27 At ito ay nangyari na, na ang hari ay nagpadala ng pahayag sa lahat ng dako ng lupain, sa lahat ng kanyang tao na nasa buong lupain niya, na nasa lahat ng lugar na nakapalibot, na humahanggan maging sa dagat, sa silangan at sa kanluran, at nahahati mula sa lupain ng Zarahemla ng isang makitid na ilang, na ang kahabaan ay mula sa silangang dagat maging hanggang sa kanlurang dagat, at sa palibot ng mga hangganan ng dalampasigan, at sa mga hangganan ng ilang na nasa hilaga ng lupain ng Zarahemla, hanggang sa mga hangganan ng Manti, sa may unahan ng ilog Sidon, dumadaloy mula sa silangan patungo sa kanluran—at sa gayon ang mga Lamanita at ang mga Nephita ay nahahati.

28 Ngayon, ang higit na mga tamad na bahagi ng mga Lamanita ay naninirahan sa ilang, at sila ay namamalagi sa mga tolda; at sila ay nakakalat sa ilang sa may kanluran, sa lupain ng Nephi; oo, at gayon din sa kanluran ng lupain ng Zarahemla, sa mga hangganan ng dalampasigan, at sa may kanluran ng lupain ng Nephi, sa lugar ng unang mana ng kanilang mga ama, at sa gayon humahanggan sa may malapit sa dalampasigan.

29 At gayon din maraming Lamanita sa may silangan ng dalampasigan, kung saan sila naitaboy ng mga Nephita. At sa gayon ang mga Nephita ay halos mapalibutan ng mga Lamanita; gayon pa man, naangkin ng mga Nephita ang lahat ng hilagang bahagi ng lupaing humahanggan sa ilang, sa unahan ng ilog Sidon, mula sa silangan hanggang sa kanluran, sa palibot ng gilid ng ilang; sa hilaga, maging hanggang sa makarating sila sa lupain na tinatawag nilang Masagana.

30 At ito ay humahanggan sa lupain na tinawag nilang Kapanglawan, ito na napakalayong pahilaga na umaabot sa lupaing pinanirahan ng mga tao at nalipol, kung kaninong mga buto ay sinabi namin, na natuklasan ng mga tao ni Zarahemla, ito na lugar ng kanilang unang pagdating.

And it came to pass that the king sent a proclamation throughout all the land, amongst all his people who were in all his land, who were in all the regions round about, which was bordering even to the sea, on the east and on the west, and which was divided from the land of Zarahemla by a narrow strip of wilderness, which ran from the sea east even to the sea west, and round about on the borders of the seashore, and the borders of the wilderness which was on the north by the land of Zarahemla, through the borders of Manti, by the head of the river Sidon, running from the east towards the west—and thus were the Lamanites and the Nephites divided.

Now, the more idle part of the Lamanites lived in the wilderness, and dwelt in tents; and they were spread through the wilderness on the west, in the land of Nephi; yea, and also on the west of the land of Zarahemla, in the borders by the seashore, and on the west in the land of Nephi, in the place of their fathers' first inheritance, and thus bordering along by the seashore.

And also there were many Lamanites on the east by the seashore, whither the Nephites had driven them. And thus the Nephites were nearly surrounded by the Lamanites; nevertheless the Nephites had taken possession of all the northern parts of the land bordering on the wilderness, at the head of the river Sidon, from the east to the west, round about on the wilderness side; on the north, even until they came to the land which they called Bountiful.

And it bordered upon the land which they called Desolation, it being so far northward that it came into the land which had been peopled and been destroyed, of whose bones we have spoken, which was discovered by the people of Zarahemla, it being the place of their first landing.

31 At nagmula sila roon patungo sa timog ilang. Sa gayon ang lupain pahilaga ay tinatawag na Kapanglawan, at ang lupain patimog ay tinatawag na Masagana, ito na isang ilang na puno ng lahat ng uri ng mababangis na hayop ng bawat uri, ilang bilang niyon ay nagmula sa lupaing pahilaga para sa pagkain.

32 At ngayon, ang layo nito ay isang araw at kalahati lamang ng paglalakbay para sa isang Nephita, sa hangganan ng Masagana at lupain ng Kapanglawan, mula sa silangan hanggang sa kanlurang dagat; at sa gayon ang lupain ng Nephi at ang lupain ng Zarahemla ay halos mapalibutan ng tubig, doon na may isang maliit na bahagi ng lupa sa pagitan ng lupaing pahilaga at ng lupaing patimog.

33 At ito ay nangyari na, na pinanirahan ng mga Nephita ang lupaing Masagana, maging mula sa silangan hanggang sa kanlurang dagat, at sa gayon ang mga Nephita sa kanilang karunungan, sa pamamagitan ng kanilang mga bantay at kanilang mga hukbo, ay naharangan ang mga Lamanita sa timog, upang hindi na nila maangkin pa ang hilaga, upang hindi nila maangkin pa ang lupaing pahilaga.

34 Anupa't ang mga Lamanita ay wala nang maaangkin pa maliban sa lupain ng Nephi, at ang ilang sa palibot. Ngayon, ito ang karunungan ng mga Nephita—sapagkat ang mga Lamanita ay kanilang mga kaaway, hindi nila pahihintulutang sila ay magdusa sa lahat ng paraan, at gayon din, upang magkaroon sila ng isang bansa kung saan sila makatatakbo, alinsunod sa kanilang kagustuhan.

35 At ngayon ako, matapos sabihin ito, ay muling magbabalik sa ulat nina Ammon at Aaron, Omner at Himni, at kanilang mga kapatid.

And they came from there up into the south wilderness. Thus the land on the northward was called Desolation, and the land on the southward was called Bountiful, it being the wilderness which is filled with all manner of wild animals of every kind, a part of which had come from the land northward for food.

And now, it was only the distance of a day and a half's journey for a Nephite, on the line Bountiful and the land Desolation, from the east to the west sea; and thus the land of Nephi and the land of Zarahemla were nearly surrounded by water, there being a small neck of land between the land northward and the land southward.

And it came to pass that the Nephites had inhabited the land Bountiful, even from the east unto the west sea, and thus the Nephites in their wisdom, with their guards and their armies, had hemmed in the Lamanites on the south, that thereby they should have no more possession on the north, that they might not overrun the land northward.

Therefore the Lamanites could have no more possessions only in the land of Nephi, and the wilderness round about. Now this was wisdom in the Nephites—as the Lamanites were an enemy to them, they would not suffer their afflictions on every hand, and also that they might have a country whither they might flee, according to their desires.

And now I, after having said this, return again to the account of Ammon and Aaron, Omner and Himni, and their brethren.

## Alma 23

- 1 Masdan, ngayon ito ay nangyari na, na ang hari ng mga Lamanita ay nagpadala ng pahayag sa lahat ng kanyang mga tao, na hindi nila pagbubuhatan ng kanilang mga kamay si Ammon, o Aaron, o Omner, o Himni, ni isa man sa kanilang mga kapatid na hahayo sa pangangaral ng salita ng Diyos, saan mang lugar sila magtungo, sa alinmang bahagi ng kanilang lupain.
- 2 Oo, siya ay nagpadala ng isang utos sa kanila, na hindi nila sasalingin sila ng kanilang mga kamay upang igapos sila, o itapon sila sa bilangguan; ni ang kanilang duraan sila, ni hambalusin sila, ni itaboy silang palabas ng kanilang mga sinagoga, ni pahirapan sila; ni ang kanilang pukulin sila ng mga bato, kundi ang magkaroon sila ng malayang pag-akyat sa kanilang mga tahanan, at gayon din sa kanilang mga templo, at kanilang mga santuwaryo.
- 3 At sa gayon sila makahahayo at makapangangaral ng salita alinsunod sa kanilang mga naisin, sapagkat ang hari ay nagbalik-loob sa Panginoon, at ang kanyang buong sambahayan; anupa't ipinadala niya ang kanyang pahayag sa lahat ng dako ng lupain sa kanyang mga tao, upang ang salita ng Diyos ay hindi mahadlangan, bagkus ay lumaganap ito sa lahat ng dako ng buong lupain, upang ang kanyang mga tao ay mapaniwala hinggil sa masasamang kaugalian ng kanilang mga ama, at upang sila ay mapaniwala na silang lahat ay magkakapatid, at na hindi sila nararapat na pumaslang, ni mandambong, ni magnakaw, ni makiapid, ni ang gumawa ng ano mang uri ng kasamaan.
- 4 At ngayon ito ay nangyari na, nang ipadala ng hari ang pahayag na ito, na si Aaron at ang kanyang mga kapatid ay naglakbay nang lunsod sa lunsod, at mula sa isang tahanan ng pagsamba sa isa pa, nagtatatag ng mga simbahan, at nagtatalaga ng mga saserdote at guro sa lahat ng dako ng lupain sa mga Lamanita, upang ipangaral at ituro ang salita ng Diyos sa kanila; at sa gayon sila nagsimulang magtamo ng malaking tagumpay.

## Alma 23

Behold, now it came to pass that the king of the Lamanites sent a proclamation among all his people, that they should not lay their hands on Ammon, or Aaron, or Omner, or Himni, nor either of their brethren who should go forth preaching the word of God, in whatsoever place they should be, in any part of their land.

Yea, he sent a decree among them, that they should not lay their hands on them to bind them, or to cast them into prison; neither should they spit upon them, nor smite them, nor cast them out of their synagogues, nor scourge them; neither should they cast stones at them, but that they should have free access to their houses, and also their temples, and their sanctuaries.

And thus they might go forth and preach the word according to their desires, for the king had been converted unto the Lord, and all his household; therefore he sent his proclamation throughout the land unto his people, that the word of God might have no obstruction, but that it might go forth throughout all the land, that his people might be convinced concerning the wicked traditions of their fathers, and that they might be convinced that they were all brethren, and that they ought not to murder, nor to plunder, nor to steal, nor to commit adultery, nor to commit any manner of wickedness.

And now it came to pass that when the king had sent forth this proclamation, that Aaron and his brethren went forth from city to city, and from one house of worship to another, establishing churches, and consecrating priests and teachers throughout the land among the Lamanites, to preach and to teach the word of God among them; and thus they began to have great success.

- 5 At libu-libo ang nadala sa kaalaman ng Panginoon, oo, libu-libo ang nadalang maniwala sa mga kaugalian ng mga Nephita; at itinuro sa kanila ang mga talaan at propesiyang ipinasa-pasa maging hanggang sa kasalukuyan.
- 6 At tunay na yamang buhay ang Panginoon, tunay na kasindami ng naniwala, o kasindami ng nadala sa kaalaman ng katotohanan, sa pamamagitan ng pangangaral ni Ammon at ng kanyang mga kapatid, alinsunod sa diwa ng paghahayag at ng propesiya, at ng kapangyarihan ng Diyos na gumagawa ng mga himala sa kanila—oo, sinasabi ko sa inyo, yamang buhay ang Panginoon, kasindami ng mga Lamanita na naniwala sa kanilang pangangaral, at mga nagbalik-loob sa Panginoon, kailanman ay hindi nagsitalikod.
- 7 Sapagkat sila ay naging mabubuting tao; ibinabawala nila ang kanilang mga sandata ng paghihimagsik, na hindi na nila muli pang nilabanan ang Diyos, ni ang labanan ang sino man sa kanilang mga kapatid.
- 8 Ngayon, ito sila na mga nagbalik-loob sa Panginoon:
- 9 Ang mga tao ng mga Lamanita na nasa lupain ng Ismael;
- 10 At gayon din ang mga tao ng mga Lamanita na nasa lupain ng Midoni;
- 11 At gayon din ang mga tao ng mga Lamanita na nasa lunsod ng Nephi;
- 12 At gayon din ang mga tao ng mga Lamanita na nasa lupain ng Silom, at nasa lupain ng Semlon, at sa lunsod ng Lemuel, at sa lunsod ng Simnilom.
- 13 At ito ang mga pangalan ng mga lunsod ng mga Lamanita na nagbalik-loob sa Panginoon; at ito sila na mga nagbaba ng mga sandata ng kanilang paghihimagsik, oo, lahat ng kanilang sandata ng digmaan; at lahat sila ay mga Lamanita.
- 14 At ang mga Amalekita ay hindi nagbalik-loob, maliban sa isa; ni ang sino man sa mga Amulonita; sa halip pinatigas nila ang kanilang mga puso, at gayon din ang mga puso ng mga Lamanita sa bahaging yaon ng lupain saan man sila nanirahan, oo, at lahat ng kanilang nayon, at lahat ng kanilang lunsod.

And thousands were brought to the knowledge of the Lord, yea, thousands were brought to believe in the traditions of the Nephites; and they were taught the records and prophecies which were handed down even to the present time.

And as sure as the Lord liveth, so sure as many as believed, or as many as were brought to the knowledge of the truth, through the preaching of Ammon and his brethren, according to the spirit of revelation and of prophecy, and the power of God working miracles in them—yea, I say unto you, as the Lord liveth, as many of the Lamanites as believed in their preaching, and were converted unto the Lord, never did fall away.

For they became a righteous people; they did lay down the weapons of their rebellion, that they did not fight against God any more, neither against any of their brethren.

Now, these are they who were converted unto the Lord:

The people of the Lamanites who were in the land of Ishmael;

And also of the people of the Lamanites who were in the land of Middoni;

And also of the people of the Lamanites who were in the city of Nephi;

And also of the people of the Lamanites who were in the land of Shilom, and who were in the land of Shemlon, and in the city of Lemuel, and in the city of Shimnilom.

And these are the names of the cities of the Lamanites which were converted unto the Lord; and these are they that laid down the weapons of their rebellion, yea, all their weapons of war; and they were all Lamanites.

And the Amalekites were not converted, save only one; neither were any of the Amulonites; but they did harden their hearts, and also the hearts of the Lamanites in that part of the land wheresoever they dwelt, yea, and all their villages and all their cities.

15 Anupa't binanggit namin ang lahat ng lunsod ng mga Lamanita kung saan sila ay nangagsisi at dumating sa kaalaman ng katotohanan, at mga nagbalik-loob.

16 At ngayon ito ay nangyari na, na ang hari at yaong mga nagbalik-loob ay nagnais magkaroon ng pangalan, upang sila ay makilala mula sa kanilang mga kapatid; kaya nga, ang hari ay nakipagsanggunian kay Aaron at marami sa kanilang mga saserdote, hinggil sa pangalang tataglayin nila sa kanilang sarili, upang sila ay makilala.

17 At ito ay nangyari na, na tinawag nila ang kanilang pangalan na Anti-Nephi-Lehi; at sila ay tinawag sa pangalang ito at hindi na tinawag pang mga Lamanita.

18 At sila ay nagsimulang maging napakasisipag na tao; oo, at sila ay naging magigiliw sa mga Nephita; anupa't, sila ay nagbukas ng pakikipag-ugnayan sa kanila, at ang sumpa ng Diyos ay hindi na sila sinundan pa.

Therefore, we have named all the cities of the Lamanites in which they did repent and come to the knowledge of the truth, and were converted.

And now it came to pass that the king and those who were converted were desirous that they might have a name, that thereby they might be distinguished from their brethren; therefore the king consulted with Aaron and many of their priests, concerning the name that they should take upon them, that they might be distinguished.

And it came to pass that they called their names Anti-Nephi-Lehies; and they were called by this name and were no more called Lamanites.

And they began to be a very industrious people; yea, and they were friendly with the Nephites; therefore, they did open a correspondence with them, and the curse of God did no more follow them.



## Alma 24

- 1 At ito ay nangyari na, na ang mga Amalekita at ang mga Amulonita at ang mga Lamanita na nasa lupain ng Amulon, at gayon din sa lupain ng Helam, at nasa lupain ng Jerusalem, at sa lalong maliwanag, sa lahat ng lupain sa palibot, na hindi nagbalik-loob at hindi tinaglay sa kanilang sarili ang pangalang Anti-Nephi-Lehi, ay pinukaw ng mga Amalekita at ng mga Amulonita na magalit laban sa kanilang mga kapatid.
- 2 At ang kanilang poot ay labis na naging masidhi laban sa kanila, maging hanggang sa sila ay nagsimulang maghimagsik laban sa kanilang hari, hanggang sa sila ay tumanggi na maging hari pa nila siya; kaya nga, sila ay humawak ng mga sandata laban sa mga tao ni Anti-Nephi-Lehi.
- 3 Ngayon iginawad ng hari sa kanyang anak ang kaharian, at tinawag niya ang kanyang pangalang Anti-Nephi-Lehi.
- 4 At ang hari ay namatay sa taon ding yaon nang magsimulang maghanda ang mga Lamanita na makidigma laban sa mga tao ng Diyos.
- 5 Ngayon, nang makita ni Ammon at ng kanyang mga kapatid at ng lahat ng yaong nagsisama sa kanya ang mga paghahanda ng mga Lamanita upang lipulin ang kanilang mga kapatid, sila ay nagtungo sa lupain ng Media, at doon kinatagpo ni Ammon ang lahat ng kanyang mga kapatid; at mula roon sila ay nagtungo sa lupain ng Ismael upang makapagdaos sila ng isang pagpupulong na kasama si Lamoni at kasama rin ang kanyang kapatid na si Anti-Nephi-Lehi, kung ano ang kanilang nararapat gawin upang ipagtanggol ang kanilang sarili laban sa mga Lamanita.
- 6 Ngayon wala ni isa mang kaluluwa sa lahat ng taong nagbalik-loob sa Panginoon ang nagnais na humawak ng mga sandata laban sa kanilang mga kapatid; hindi, tumanggi sila maging sa gumawa ng ano mang paghahanda para sa pakikidigma; oo, at ang kanilang hari ay nag-utos din na huwag silang gumawa nang gayon.

## Alma 24

And it came to pass that the Amalekites and the Amulonites and the Lamanites who were in the land of Amulon, and also in the land of Helam, and who were in the land of Jerusalem, and in fine, in all the land round about, who had not been converted and had not taken upon them the name of Anti-Nephi-Lehi, were stirred up by the Amalekites and by the Amulonites to anger against their brethren.

And their hatred became exceedingly sore against them, even insomuch that they began to rebel against their king, insomuch that they would not that he should be their king; therefore, they took up arms against the people of Anti-Nephi-Lehi.

Now the king conferred the kingdom upon his son, and he called his name Anti-Nephi-Lehi.

And the king died in that selfsame year that the Lamanites began to make preparations for war against the people of God.

Now when Ammon and his brethren and all those who had come up with him saw the preparations of the Lamanites to destroy their brethren, they came forth to the land of Midian, and there Ammon met all his brethren; and from thence they came to the land of Ishmael that they might hold a council with Lamoni and also with his brother Anti-Nephi-Lehi, what they should do to defend themselves against the Lamanites.

Now there was not one soul among all the people who had been converted unto the Lord that would take up arms against their brethren; nay, they would not even make any preparations for war; yea, and also their king commanded them that they should not.

- 7 Ngayon, ito ang mga salitang kanyang sinabi sa mga tao hinggil sa bagay na yaon: Nagpapasalamat ako sa aking Diyos, mga tao kong minamahal, na isinugo sa kabutihan ng ating dakilang Diyos itong ating mga kapatid, ang mga Nephita, sa atin, upang mangaral sa atin, at upang mapaniwala tayo laban sa mga kaugalian ng ating masasamang ama.
- 8 At masdan, nagpapasalamat ako sa aking dakilang Diyos na binigyan niya tayo ng isang bahagi ng kanyang Espiritu upang palambutin ang ating mga puso, kung kaya't tayo ay nagbukas ng pakikipag-ugnayan sa mga kapatid nating ito, ang mga Nephita.
- 9 At masdan, pinasasalamatan ko rin ang aking Diyos na dahil sa pagbubukas ng pakikipag-ugnayang ito ay napaniwala tayo sa ating mga kasalanan, at sa maraming pagpaslang na nagawa natin.
- 10 At pinasasalamatan ko rin ang aking Diyos, oo, ang aking dakilang Diyos, na kanyang pinahintulutan tayong mapagsisihan natin ang mga bagay na ito, at na kanya ring pinatawad tayo sa marami nating kasalanan at mga pagpaslang na nagawa natin, at inalis ang pagkakasala sa ating mga puso, sa pamamagitan ng kabutihan ng kanyang Anak.
- 11 At ngayon masdan, mga kapatid ko, sapagkat ito lamang ang lahat ng ating magagawa (sapagkat tayo ang pinakaligaw sa buong sangkatauhan) upang magsisi sa lahat ng ating kasalanan at sa maraming pagpaslang na nagawa natin, at upang mapahinuhod ang Diyos na alisin ang mga ito sa ating mga puso, sapagkat ito lamang ang lahat ng magagawa natin upang sapat na makapagsisi sa harapan ng Diyos upang kanyang linisin ang ating dungis—
- 12 Ngayon, mga pinakamamahal kong kapatid, simula ng nilinis ng Diyos ang ating mga dungis, at ang ating mga espada ay naging makinang, kung gayon, huwag na nating dungisan pa ang ating mga espada ng dugo ng ating mga kapatid.

Now, these are the words which he said unto the people concerning the matter: I thank my God, my beloved people, that our great God has in goodness sent these our brethren, the Nephites, unto us to preach unto us, and to convince us of the traditions of our wicked fathers.

And behold, I thank my great God that he has given us a portion of his Spirit to soften our hearts, that we have opened a correspondence with these brethren, the Nephites.

And behold, I also thank my God, that by opening this correspondence we have been convinced of our sins, and of the many murders which we have committed.

And I also thank my God, yea, my great God, that he hath granted unto us that we might repent of these things, and also that he hath forgiven us of those our many sins and murders which we have committed, and taken away the guilt from our hearts, through the merits of his Son.

And now behold, my brethren, since it has been all that we could do (as we were the most lost of all mankind) to repent of all our sins and the many murders which we have committed, and to get God to take them away from our hearts, for it was all we could do to repent sufficiently before God that he would take away our stain—

Now, my best beloved brethren, since God hath taken away our stains, and our swords have become bright, then let us stain our swords no more with the blood of our brethren.

13 Masdan, sinasabi ko sa inyo, Hindi, itabi natin ang ating mga espada upang hindi madungisan ang mga ito ng dugo ng ating mga kapatid; sapagkat marahil, kung muli nating dudungisan ang ating mga espada na ang mga ito ay hindi na mahuhugasang makinang sa pamamagitan ng dugo ng Anak ng ating dakilang Diyos, na mabubuhos para sa pagbabayad-sala ng ating mga kasalanan.

14 At kinaawaan tayo ng dakilang Diyos, at ipinaalam ang mga bagay na ito sa atin upang hindi tayo masawi; oo, at ipinaalam niya ang mga bagay na ito sa atin sa mula't mula pa, sapagkat minamahal niya ang ating mga kaluluwa katulad ng pagmamahal niya sa ating mga anak; anupa't sa kanyang awa tayo ay dinalaw niya sa pamamagitan ng kanyang mga anghel, upang ang plano ng kaligtasan ay maipalam sa atin maging sa mga susunod na salinlahi.

15 O, napakamaawain ng ating Diyos! At ngayon masdan, sapagkat ito lamang ang magagawa natin upang malinis ang ating mga dungis mula sa atin, at ang ating mga espada ay gawing makinang, itabi natin ang mga ito upang ang mga ito ay mapanatiling makinang, bilang patotoo sa ating Diyos sa huling araw, o sa araw na yaon na tayo ay dadalhin upang tumindig sa kanyang harapan upang hatulan, na hindi natin dinungisan pa ang ating mga espada ng dugo ng ating mga kapatid magmula nang ibahagi niya ang kanyang salita sa atin at ginawa tayong malinis sa gayong paraan.

16 At ngayon, mga kapatid ko, kung hangad ng ating mga kapatid na lipulin tayo, masdan, itatabi natin ang ating mga espada, oo, kahit na ibaon pa natin ang mga ito nang malalim sa lupa, upang ang mga ito ay mapanatiling makinang, bilang patotoo na hindi na natin kailanman ginamit ang mga ito, sa huling araw; at kung lilipulin tayo ng ating mga kapatid, masdan, tayo ay magtutungo sa ating Diyos at maliligtas.

17 At ngayon ito ay nangyari na, nang matapos ang hari sa pangungusap ng mga bagay na ito, at ang lahat ng tao ay sama-samang nagtipon, na kinuha nila ang kanilang mga espada, at lahat ng sandatang ginagamit para sa pagpapadanak ng dugo ng tao, at ibinaon nila ang mga ito nang malalim sa lupa.

Behold, I say unto you, Nay, let us retain our swords that they be not stained with the blood of our brethren; for perhaps, if we should stain our swords again they can no more be washed bright through the blood of the Son of our great God, which shall be shed for the atonement of our sins.

And the great God has had mercy on us, and made these things known unto us that we might not perish; yea, and he has made these things known unto us beforehand, because he loveth our souls as well as he loveth our children; therefore, in his mercy he doth visit us by his angels, that the plan of salvation might be made known unto us as well as unto future generations.

Oh, how merciful is our God! And now behold, since it has been as much as we could do to get our stains taken away from us, and our swords are made bright, let us hide them away that they may be kept bright, as a testimony to our God at the last day, or at the day that we shall be brought to stand before him to be judged, that we have not stained our swords in the blood of our brethren since he imparted his word unto us and has made us clean thereby.

And now, my brethren, if our brethren seek to destroy us, behold, we will hide away our swords, yea, even we will bury them deep in the earth, that they may be kept bright, as a testimony that we have never used them, at the last day; and if our brethren destroy us, behold, we shall go to our God and shall be saved.

And now it came to pass that when the king had made an end of these sayings, and all the people were assembled together, they took their swords, and all the weapons which were used for the shedding of man's blood, and they did bury them up deep in the earth.

18 At ito ay ginawa nila, ito na sa pananaw nila ay patotoo sa Diyos, at gayon din sa mga tao, na hindi na sila muling gagamit pa ng mga sandata para sa pagpapadanak ng dugo ng tao; at ito ay ginawa nila, nananagutan at nakikipagtipan sa Diyos, na kaysa sa padanakin ang dugo ng kanilang mga kapatid ay ibibigay nila ang kanilang buhay; at kaysa sa kumuha mula sa isang kapatid sila ay magbibigay sa kanya; at kaysa sa palipasin ang kanilang mga araw sa katamaran ay masigasig silang gagawa sa pamamagitan ng kanilang mga kamay.

19 At sa gayon nakikita natin na, nang ang mga Lamanitang ito ay nadalang maniwala at malaman ang katotohanan, sila ay naging matatag, at magdurusa maging hanggang sa kamatayan kaysa sa gumawa ng kasalanan; at sa gayon nakikita nating ibinaon nila ang kanilang mga sandata ng kapayapaan, o ibinaon nila ang mga sandata ng digmaan, para sa kapayapaan.

20 At ito ay nangyari na, na ang kanilang mga kapatid, ang mga Lamanita, ay naghandang para sa digmaan, at sumalakay sa lupain ng Nephi sa layuning patayin ang hari, at maglagay ng ibang kahalili niya, at lipulin din ang mga tao ni Anti-Nephi-Lehi sa lupain.

21 Ngayon, nang makita ng mga taong sumasalakay sila laban sa kanila ay lumabas sila at kanilang sinalubong sila, at itinirapa ang kanilang sarili sa lupa sa kanilang mga harapan, at nagsimulang manawagan sa pangalan ng Panginoon; at nasa gayon silang pagkakaayos nang magsimulang salakayin sila ng mga Lamanita, at nagsimulang patayin sila sa pamamagitan ng espada.

22 At sa gayon walang anumang nakaharap na panlalaban, napatay nila ang isanlibo at lima sa kanila; at nalalaman nating sila ay pinagpala, sapagkat sila ay lumisan upang manahanang kasama ang kanilang Diyos.

23 Ngayon, nang makita ng mga Lamanita na ang kanilang mga kapatid ay hindi magsisitakas sa espada, ni ang bumaling sila sa kanang kamay o sa kaliwa, kundi ang sila ay mahiga at masawi, at purihin ang Diyos maging sa yaon ding gawa ng kasawian sa ilalim ng espada—

And this they did, it being in their view a testimony to God, and also to men, that they never would use weapons again for the shedding of man's blood; and this they did, vouching and covenanting with God, that rather than shed the blood of their brethren they would give up their own lives; and rather than take away from a brother they would give unto him; and rather than spend their days in idleness they would labor abundantly with their hands.

And thus we see that, when these Lamanites were brought to believe and to know the truth, they were firm, and would suffer even unto death rather than commit sin; and thus we see that they buried their weapons of peace, or they buried the weapons of war, for peace.

And it came to pass that their brethren, the Lamanites, made preparations for war, and came up to the land of Nephi for the purpose of destroying the king, and to place another in his stead, and also of destroying the people of Anti-Nephi-Lehi out of the land.

Now when the people saw that they were coming against them they went out to meet them, and prostrated themselves before them to the earth, and began to call on the name of the Lord; and thus they were in this attitude when the Lamanites began to fall upon them, and began to slay them with the sword.

And thus without meeting any resistance, they did slay a thousand and five of them; and we know that they are blessed, for they have gone to dwell with their God.

Now when the Lamanites saw that their brethren would not flee from the sword, neither would they turn aside to the right hand or to the left, but that they would lie down and perish, and praised God even in the very act of perishing under the sword—

- 24 Ngayon, nang makita ito ng mga Lamanita sila ay nagpigil sa pagpatay sa kanila; at marami sa kanila na ang mga puso ay nasugatan para sa kanilang mga kapatid na yaon na nangamatay sa ilalim ng espada, sapagkat sila ay nagsisi sa mga bagay na nagawa nila.
- 25 At ito ay nangyari na, na itinapon nila ang kanilang mga sandata ng digmaan, at tumangging kuning muli ang mga ito, sapagkat sila ay nagdalamhati sa mga pagpaslang na nagawa nila; at sila ay nagsihiga maging katulad ng kanilang mga kapatid, umaasa sa awa ng mga yaong ang mga bisig ay nakataas upang sila ay patayin.
- 26 At ito ay nangyari na, na ang mga tao ng Diyos ay naragdagan nang araw na yaon nang higit pa sa bilang ng mga napatay; at yaong mga napatay ay mabubuting tao, kaya nga wala tayong dahilan upang mag-alinlangan na sila ay hindi naligtas.
- 27 At wala ni isang masamang tao ang napatay sa kanila; subalit may mahigit sa isanlibo ang nadala sa kaalaman ng katotohanan; sa gayon nakikita natin na ang Panginoon ay gumagawa ng maraming paraan para sa kaligtasan ng kanyang mga tao.
- 28 Ngayon, ang pinakamalaking bilang ng mga yaong Lamanita na pumatay sa napakarami sa kanilang mga kapatid ay mga Amalekita at Amulonita, ang pinakamalaking bilang sa kanila ay alinsunod sa orden ng mga Nehor.
- 29 Ngayon, sa mga yaong sumapi sa mga tao ng Panginoon, ay walang mga Amalekita o Amulonita, o mga nasa orden ni Nehor, kundi sila ay mga tunay na inapo nina Laman at Lemuel.
- 30 At sa gayon malinaw nating nakikita na matapos ang mga tao ay minsan nang naliwanagan ng Espiritu ng Diyos, at nagkaroon ng maraming kaalaman sa mga bagay na nauukol sa kabutihan, at pagkatapos ay nahulog sa kasalanan at paglabag, sila ay nagiging higit na matitigas, at sa gayon ang kanilang kalagayan ay nagiging lalong masama kaysa sa kung hindi nila nalaman kailanman ang mga bagay na ito.

Now when the Lamanites saw this they did forbear from slaying them; and there were many whose hearts had swollen in them for those of their brethren who had fallen under the sword, for they repented of the things which they had done.

And it came to pass that they threw down their weapons of war, and they would not take them again, for they were stung for the murders which they had committed; and they came down even as their brethren, relying upon the mercies of those whose arms were lifted to slay them.

And it came to pass that the people of God were joined that day by more than the number who had been slain; and those who had been slain were righteous people, therefore we have no reason to doubt but what they were saved.

And there was not a wicked man slain among them; but there were more than a thousand brought to the knowledge of the truth; thus we see that the Lord worketh in many ways to the salvation of his people.

Now the greatest number of those of the Lamanites who slew so many of their brethren were Amalekites and Amulonites, the greatest number of whom were after the order of the Nehors.

Now, among those who joined the people of the Lord, there were none who were Amalekites or Amulonites, or who were of the order of Nehor, but they were actual descendants of Laman and Lemuel.

And thus we can plainly discern, that after a people have been once enlightened by the Spirit of God, and have had great knowledge of things pertaining to righteousness, and then have fallen away into sin and transgression, they become more hardened, and thus their state becomes worse than though they had never known these things.

## Alma 25

- 1 At masdan, ngayon ito ay nangyari na, na yaong mga Lamanita ay lalong nagalit dahil sa pinatay nila ang kanilang mga kapatid; kaya nga, sila ay sumumpa ng paghihiganti sa mga Nephita; at hindi na sila nagtangkang patayin pa ang mga tao ni Anti-Nephi-Lehi sa panahong yaon.
- 2 Sa halip dinala nila ang kanilang mga hukbo at nagtungo sa mga hangganan ng lupain ng Zarahemla, at sinalakay ang mga taong nasa lupain ng Ammonihah at nilipol sila.
- 3 At pagkaraan niyon, sila ay nagkaroon ng maraming pakikidigma sa mga Nephita, kung saan sila ay naitaboy at napatay.
- 4 At kabilang sa mga Lamanita na napatay ay halos mga binhing lahat ni Amulon at ng kanyang mga kapatid, na mga saserdote ni Noe, at sila ay napatay ng mga kamay ng mga Nephita.
- 5 At ang nalalabi, matapos na magsitakas patungo sa silangang ilang, at matapos makamkam ang kapangyarihan at karapatan sa mga Lamanita, ay pinapangyaring mangasawi ang marami sa mga Lamanita sa pamamagitan ng apoy dahil sa kanilang paniniwala—
- 6 Sapagkat marami sa kanila, matapos dumanas ng labis na kawalan at maraming paghihirap, ay nagsimulang mapukaw sa pag-alaala ng mga salita ni Aaron at ng kanyang mga kapatid na ipinangaral sa kanila sa kanilang lupain; anupa't sila ay nagsimulang mawalan ng paniniwala sa mga kaugalian ng kanilang mga ama, at maniwala sa Panginoon, at na siya ang nagbigay ng kahanga-hangang lakas sa mga Nephita; at sa gayon marami sa kanila ang nagbalik-loob sa ilang.
- 7 At ito ay nangyari na, na yaong mga tagapamahala na labi ng mga anak ni Amulon ay ipinapatay sila, oo, lahat ng yaong naniwala sa mga bagay na ito.
- 8 Ngayon, ang kamartirang ito ay naging dahilan upang mapukaw sa galit ang marami sa kanilang mga kapatid; at nagsimulang magkaroon ng alitan sa ilang; at ang mga Lamanita ay nagsimulang tugisin ang mga binhi ni Amulon at ng kanyang mga kapatid at nagsimulang pagpapatayin sila; at sila ay nagsitakas patungo sa silangang ilang.

## Alma 25

And behold, now it came to pass that those Lamanites were more angry because they had slain their brethren; therefore they swore vengeance upon the Nephites; and they did no more attempt to slay the people of Anti-Nephi-Lehi at that time.

But they took their armies and went over into the borders of the land of Zarahemla, and fell upon the people who were in the land of Ammonihah and destroyed them.

And after that, they had many battles with the Nephites, in the which they were driven and slain.

And among the Lamanites who were slain were almost all the seed of Amulon and his brethren, who were the priests of Noah, and they were slain by the hands of the Nephites;

And the remainder, having fled into the east wilderness, and having usurped the power and authority over the Lamanites, caused that many of the Lamanites should perish by fire because of their belief—

For many of them, after having suffered much loss and so many afflictions, began to be stirred up in remembrance of the words which Aaron and his brethren had preached to them in their land; therefore they began to disbelieve the traditions of their fathers, and to believe in the Lord, and that he gave great power unto the Nephites; and thus there were many of them converted in the wilderness.

And it came to pass that those rulers who were the remnant of the children of Amulon caused that they should be put to death, yea, all those that believed in these things.

Now this martyrdom caused that many of their brethren should be stirred up to anger; and there began to be contention in the wilderness; and the Lamanites began to hunt the seed of Amulon and his brethren and began to slay them; and they fled into the east wilderness.

- 9 At masdan, sila ay tinutugis hanggang sa mga araw na ito ng mga Lamanita. Sa gayon natupad ang mga sinabi ni Abinadi, na sinabi niya hinggil sa mga binhi ng mga saserdoteng nagpapatay sa kanya sa pamamagitan ng apoy.
- 10 Sapagkat sinabi niya sa kanila: Kung ano ang gagawin ninyo sa akin ay halimbawa ng mga bagay na darating.
- 11 At ngayon, si Abinadi ang unang nagdusa ng kamatayan sa pamamagitan ng apoy dahil sa kanyang paniniwala sa Diyos; ngayon, ito ang ibig niyang sabihin, na marami ang magdurusa ng kamatayan sa pamamagitan ng apoy, tulad ng dinanas niya.
- 12 At sinabi niya sa mga saserdote ni Noe na ang kanilang mga binhi ang magiging dahilan ng pagdadala sa kamatayan ng marami, kahalintulad ng pamamaraang ginawa sa kanya, at na sila ay ikakalat at papatayin, maging tulad ng isang tupa na walang pastol ay itinaboy at sinila ng mababangis na hayop; at ngayon masdan, ang mga salitang ito ay napatunayan, sapagkat sila ay itinaboy ng mga Lamanita, at sila ay tinugis, at sila ay pinahihirapan.
- 13 At ito ay nangyari na, nang makita ng mga Lamanita na hindi nila madadaig ang mga Nephita na muli silang nagsibalik sa kanilang sariling lupain; at marami sa kanila ang nagtungo upang manirahan sa lupain ng Ismael at sa lupain ng Nephi, at ibinilang ang kanilang sarili sa mga tao ng Diyos, na mga tao ni Anti-Nephi-Lehi.
- 14 At ibinaon din nila ang kanilang mga sandata ng digmaan, katulad ng kanilang mga kapatid, at sila ay nagsimulang maging mabubuting tao; at sila ay nagsilakad sa mga landas ng Panginoon, at ginawang sundin ang kanyang mga kautusan at kanyang mga batas.
- 15 Oo, at sinunod nila ang mga batas ni Moises; sapagkat kailangan pa nilang sundin ang mga batas ni Moises, sapagkat ang lahat ng ito ay hindi pa natutupad. Subalit sa kabila ng mga batas ni Moises, sila ay umaasa sa pagparito ni Cristo, isinasaalang-alang na ang mga batas ni Moises ay kahalintulad ng kanyang pagparito, at naniniwalang dapat nilang sundin yaong mga panlabas na gawa hanggang sa panahong magpakita siya sa kanila.

And behold they are hunted at this day by the Lamanites. Thus the words of Abinadi were brought to pass, which he said concerning the seed of the priests who caused that he should suffer death by fire.

For he said unto them: What ye shall do unto me shall be a type of things to come.

And now Abinadi was the first that suffered death by fire because of his belief in God; now this is what he meant, that many should suffer death by fire, according as he had suffered.

And he said unto the priests of Noah that their seed should cause many to be put to death, in the like manner as he was, and that they should be scattered abroad and slain, even as a sheep having no shepherd is driven and slain by wild beasts; and now behold, these words were verified, for they were driven by the Lamanites, and they were hunted, and they were smitten.

And it came to pass that when the Lamanites saw that they could not overpower the Nephites they returned again to their own land; and many of them came over to dwell in the land of Ishmael and the land of Nephi, and did join themselves to the people of God, who were the people of Anti-Nephi-Lehi.

And they did also bury their weapons of war, according as their brethren had, and they began to be a righteous people; and they did walk in the ways of the Lord, and did observe to keep his commandments and his statutes.

Yea, and they did keep the law of Moses; for it was expedient that they should keep the law of Moses as yet, for it was not all fulfilled. But notwithstanding the law of Moses, they did look forward to the coming of Christ, considering that the law of Moses was a type of his coming, and believing that they must keep those outward performances until the time that he should be revealed unto them.

16 Ngayon, hindi nila inaakala na ang kaligtasan ay dumating sa pamamagitan ng mga batas ni Moises; kundi ang mga batas ni Moises ang naging daan upang palakasin ang kanilang pananampalataya kay Cristo; at sa gayon napanatili nila ang pag-asa sa pamamagitan ng pananampalataya, tungo sa walang hanggang kaligtasan, umaasa sa diwa ng propesiya, na nagsabi ng mga yaong bagay na darating.

17 At ngayon masdan, sina Ammon at Aaron, at Omner, at Himni, at kanilang mga kapatid ay labis na nagsaya, dahil sa tagumpay na natamo nila sa mga Lamanita, nakikitang ipinagkaloob ng Panginoon sa kanila ang naaayon sa kanilang mga panalangin, at pinatunayan din niya ang kanyang salita sa kanila sa kaliit-liitang bagay.

Now they did not suppose that salvation came by the law of Moses; but the law of Moses did serve to strengthen their faith in Christ; and thus they did retain a hope through faith, unto eternal salvation, relying upon the spirit of prophecy, which spake of those things to come.

And now behold, Ammon, and Aaron, and Omner, and Himni, and their brethren did rejoice exceedingly, for the success which they had had among the Lamanites, seeing that the Lord had granted unto them according to their prayers, and that he had also verified his word unto them in every particular.



## Alma 26

- 1 At ngayon, ito ang mga salita ni Ammon sa kanyang mga kapatid, na nagsasabi nang ganito: Mga kapatid ko at mga kapanalig, masdan, sinasabi ko sa inyo, kaylaki ng dahilan upang tayo ay magalak; sapagkat akalain ba natin nang magsimula tayo mula sa lupain ng Zarahemla na ipagkakaloob sa atin ng Diyos ang ganitong dakilang pagpapala?
- 2 At ngayon, itinatanong ko, anu-anong dakilang pagpapala ang ipinagkaloob niya sa atin? Masasabi ba ninyo?
- 3 Masdan, ako ang siyang tutugon para sa inyo; sapagkat ang ating mga kapatid, ang mga Lamanita, noon ay nasa kadiliman, oo, maging sa pinakamadilim na kailaliman, subalit masdan, kayrami sa kanila ang nadala na mamasdan ang kagila-gilalas na liwanag ng Diyos! At ito ang pagpapalang ipinagkaloob sa atin, na tayo ay gawing mga kasangkapan sa mga kamay ng Diyos upang maisagawa ang dakilang gawaing ito.
- 4 Masdan, libu-libo sa kanila ang nagsasaya, at nadala sa kawan ng Diyos.
- 5 Masdan, ang bukid ay hinog na, at kayo ay pinagpala, sapagkat ikinampay ninyo ang karit, at nanggapas nang buong lakas ninyo, oo, kayo ay buong araw na gumawa; at masdan ang bilang ng inyong mga bigkis! At sila ay titipunin sa mga bangan, upang hindi sila masayang.
- 6 Oo, hindi sila magagapi ng unos sa huling araw; ni ang sila ay suyurin ng mga buhawi; kundi kapag dumating ang unos ay sama-sama silang titipunin sa kanilang lugar, upang hindi sila abutan ng unos; oo, ni ang sila ay itaboy ng malalakas na hangin saan man sila dalhin ng kanilang mga kaaway.
- 7 Subalit masdan, sila ay nasa mga kamay ng Panginoon ng anihan, at sila ay kanya; at kanyang ibabangon sila sa huling araw.
- 8 Purihin ang pangalan ng ating Diyos; halina't mag-awitan tayo sa kanyang kapurihan, oo, halina't magbigay-pasasalamat tayo sa kanyang banal na pangalan, sapagkat siya ay nagsasagawa ng kabutihan magpakailanman.

## Alma 26

And now, these are the words of Ammon to his brethren, which say thus: My brothers and my brethren, behold I say unto you, how great reason have we to rejoice; for could we have supposed when we started from the land of Zarahemla that God would have granted unto us such great blessings?

And now, I ask, what great blessings has he bestowed upon us? Can ye tell?

Behold, I answer for you; for our brethren, the Lamanites, were in darkness, yea, even in the darkest abyss, but behold, how many of them are brought to behold the marvelous light of God! And this is the blessing which hath been bestowed upon us, that we have been made instruments in the hands of God to bring about this great work.

Behold, thousands of them do rejoice, and have been brought into the fold of God.

Behold, the field was ripe, and blessed are ye, for ye did thrust in the sickle, and did reap with your might, yea, all the day long did ye labor; and behold the number of your sheaves! And they shall be gathered into the garners, that they are not wasted.

Yea, they shall not be beaten down by the storm at the last day; yea, neither shall they be harrowed up by the whirlwinds; but when the storm cometh they shall be gathered together in their place, that the storm cannot penetrate to them; yea, neither shall they be driven with fierce winds whithersoever the enemy listeth to carry them.

But behold, they are in the hands of the Lord of the harvest, and they are his; and he will raise them up at the last day.

Blessed be the name of our God; let us sing to his praise, yea, let us give thanks to his holy name, for he doth work righteousness forever.

- 9 Sapagkat kung hindi natin nilisan ang lupain ng Zarahemla, itong pinakamamahal nating mga kapatid, na pinakamamahal tayo, ay patuloy na magkikimkim ng kapootan laban sa atin, oo, at sila rin sana ay naging mga dayuhan sa Diyos.
- 10 At ito ay nangyari na, nang sabihin ni Ammon ang mga salitang ito, siya ay pinagsabihan ng kanyang kapatid na si Aaron, sinasabing: Ammon, natatakot ako na sa iyong kagalakan ay matangay ka sa pagmamalaki.
- 11 Subalit sinabi ni Ammon sa kanya: Hindi ako nagmamalaki sa aking sariling lakas, ni sa aking sariling karunungan; subalit masdan, ang aking kagalakan ay lubos, oo, ang aking puso ay nag-uumapaw sa kagalakan, at ako ay nagsasaya sa aking Diyos.
- 12 Oo, nalalaman kong ako'y walang halaga; kung sa akin lamang lakas ay mahina ako, kaya nga hindi ako nagmamalaki sa aking sarili, kundi ipagmamalaki ko ang aking Diyos, sapagkat sa kanyang lakas ay maaari kong magawa ang lahat ng bagay; oo, masdan, maraming dakilang himala ang nagawa natin sa lupaing ito, kung saan pupurihin natin ang kanyang pangalan magpakailanman.
- 13 Masdan, kayrami sa libu-libo nating mga kapatid ang pinawalan niya mula sa mga pasakit ng impiyerno; at sila ay nadala na magsiawit ng mapagtubos na pag-ibig, at ito ay dahil sa kapangyarihan ng kanyang salita na nasa atin, kaya nga hindi ba may malaking dahilan upang tayo ay magsaya?
- 14 Oo, may dahilan upang purihin natin siya magpakailanman, sapagkat siya ang Kataas-taasang Diyos, at nagkalag sa ating mga kapatid mula sa mga tanikala ng impiyerno.
- 15 Oo, sila ay pinalibutan ng walang hanggang kadiliman at pagkawasak; subalit masdan, kanyang dinala sila sa kanyang walang hanggang liwanag, oo, sa walang hanggang kaligtasan; at sila ay napalibutan ng walang kapantay na kasaganaan ng kanyang pag-ibig; oo, at tayo ay naging mga kasangkapan sa kanyang mga kamay sa paggawa ng dakila at kagila-gilalas na gawaing ito.

For if we had not come up out of the land of Zarahemla, these our dearly beloved brethren, who have so dearly beloved us, would still have been racked with hatred against us, yea, and they would also have been strangers to God.

And it came to pass that when Ammon had said these words, his brother Aaron rebuked him, saying: Ammon, I fear that thy joy doth carry thee away unto boasting.

But Ammon said unto him: I do not boast in my own strength, nor in my own wisdom; but behold, my joy is full, yea, my heart is brim with joy, and I will rejoice in my God.

Yea, I know that I am nothing; as to my strength I am weak; therefore I will not boast of myself, but I will boast of my God, for in his strength I can do all things; yea, behold, many mighty miracles we have wrought in this land, for which we will praise his name forever.

Behold, how many thousands of our brethren has he loosed from the pains of hell; and they are brought to sing redeeming love, and this because of the power of his word which is in us, therefore have we not great reason to rejoice?

Yea, we have reason to praise him forever, for he is the Most High God, and has loosed our brethren from the chains of hell.

Yea, they were encircled about with everlasting darkness and destruction; but behold, he has brought them into his everlasting light, yea, into everlasting salvation; and they are encircled about with the matchless bounty of his love; yea, and we have been instruments in his hands of doing this great and marvelous work.

- 16 Kaya nga, tayo ay magpapuri, oo, magbigay-puri tayo sa Panginoon; oo, magsasaya tayo, sapagkat ang ating kagalakan ay lubos; oo, pupurihin natin ang ating Diyos magpakailanman. Masdan, sino ang maaaring labis na pupuri sa Panginoon? Oo, sino ang makapagsasabi ng labis-labis sa kanyang dakilang kapangyarihan, at ng kanyang awa, at ng kanyang mahabang pagtitiis sa mga anak ng tao? Masdan, sinasabi ko sa inyo, hindi ko masasabi ang kaliit-liitang bahagi ng nararamdaman ko.
- 17 Sino ang makapag-aakala na ang ating Diyos ay magiging napakamaawain upang agawin tayo mula sa ating kakila-kilabot, makasalanan, at maruming kalagayan?
- 18 Masdan, tayo ay humayo maging sa kapootan, lakip ang mga pagbabanta na wawasakin ang kanyang simbahan.
- 19 O kaya nga, bakit hindi niya tayo itinakda sa isang kakila-kilabot na pagkawasak, oo, bakit hindi niya hinayaan ang espada ng kanyang katarungan na bumagsak sa atin, at ipaubaya tayo sa walang hanggang kawalang-pag-asa?
- 20 O, aking kaluluwa, halos nga ito, ay tumakas sa pag-aakala. Masdan, hindi niya iginawad ang kanyang katarungan sa atin, kundi sa kanyang dakilang awa ay itinawid tayo sa yaong walang hanggang look ng kamatayan at kalungkutan, maging sa kaligtasan ng ating mga kaluluwa.
- 21 At ngayon masdan, mga kapatid ko, sinong likas na tao ang nakaaalam ng mga bagay na ito? Sinasabi ko sa inyo, walang nakaaalam ng mga bagay na ito, maliban sa nagsisisi.
- 22 Oo, siya na nagsisisi at pinaiiiral ang pananampalataya, at gumagawa ng mabubuting gawa, at patuloy na nananalangin nang walang hinto—sa kanya ay ipagkakaloob na malaman ang mga hiwaga ng Diyos; oo, sa kanya ay ibibigay na maipahayag ang mga bagay na kailanma’y hindi pa naipahayag; oo, sa kanya ay ipagkakaloob na dalhin ang libu-libong kaluluwa sa pagsisisi, maging tulad ng ibinigay sa atin upang madala ang mga kapatid nating ito sa pagsisisi.

Therefore, let us glory, yea, we will glory in the Lord; yea, we will rejoice, for our joy is full; yea, we will praise our God forever. Behold, who can glory too much in the Lord? Yea, who can say too much of his great power, and of his mercy, and of his long-suffering towards the children of men? Behold, I say unto you, I cannot say the smallest part which I feel.

Who could have supposed that our God would have been so merciful as to have snatched us from our awful, sinful, and polluted state?

Behold, we went forth even in wrath, with mighty threatenings to destroy his church.

Oh then, why did he not consign us to an awful destruction, yea, why did he not let the sword of his justice fall upon us, and doom us to eternal despair?

Oh, my soul, almost as it were, fleeth at the thought. Behold, he did not exercise his justice upon us, but in his great mercy hath brought us over that everlasting gulf of death and misery, even to the salvation of our souls.

And now behold, my brethren, what natural man is there that knoweth these things? I say unto you, there is none that knoweth these things, save it be the penitent.

Yea, he that repenteth and exerciseth faith, and bringeth forth good works, and prayeth continually without ceasing—unto such it is given to know the mysteries of God; yea, unto such it shall be given to reveal things which never have been revealed; yea, and it shall be given unto such to bring thousands of souls to repentance, even as it has been given unto us to bring these our brethren to repentance.

- 23 Ngayon, natatandaan ba ninyo, mga kapatid ko, na sinabi natin sa ating mga kapatid sa lupain ng Zarahemla, na aahon tayo sa lupain ng Nephi, upang mangaral sa ating mga kapatid, ang mga Lamanita, at kanilang pinagtawanan tayo sa pangungutya?
- 24 Sapagkat sinabi nila sa atin: Sa akala ba ninyo ay madadala ninyo ang mga Lamanita sa kaalaman ng katotohanan? Sa akala ba ninyo ay mapaniniwala ninyo ang mga Lamanita sa kamalian ng mga kaugalian ng kanilang mga ama, sila na mga taong matitigas ang leeg; na ang mga puso ay nagagalak sa pagpapadanak ng dugo; na ang mga araw ay pinalilipas sa pinakamahalay na kasamaan; na ang mga gawi ay gawi ng isang makasalanan mula pa sa simula? Ngayon mga kapatid ko, natatandaan ninyo na ito ang kanilang sinabi.
- 25 At bukod pa rito ay sinabi nila: Humawak tayo ng ating mga sandata laban sa kanila, upang malipol natin sila at ang kanilang kasamaan sa lupain, na baka kanilang madaig tayo at lipulin tayo.
- 26 Subalit masdan, mga minamahal kong kapatid, tayo ay nagtungo sa ilang hindi sa layuning lipulin ang ating mga kapatid, kundi sa layunin na baka sakaling mailigtas natin ang ilan sa kanilang mga kaluluwa.
- 27 Ngayon, nang ang ating mga puso ay manghina, at tayo sana ay magbabalik na, masdan, inaliw tayo ng Panginoon, at sinabi: Humayo sa inyong mga kapatid, na mga Lamanita, at batahin nang buong pagtitiyaga ang inyong mga paghihirap, at ipagkakaloob ko sa inyo ang tagumpay.
- 28 At ngayon masdan, tayo ay humayo, at nakihalubilo sa kanila; at naging matiisin tayo sa ating mga pagdurusa, at nagdanas ng lahat ng kalupitan; oo, tayo ay naglakbay sa bahay-bahay, umaasa sa mga awa ng sanlibutan—hindi lamang sa mga awa ng sanlibutan kundi sa mga awa ng Diyos.

Now do ye remember, my brethren, that we said unto our brethren in the land of Zarahemla, we go up to the land of Nephi, to preach unto our brethren, the Lamanites, and they laughed us to scorn?

For they said unto us: Do ye suppose that ye can bring the Lamanites to the knowledge of the truth? Do ye suppose that ye can convince the Lamanites of the incorrectness of the traditions of their fathers, as stiffnecked a people as they are; whose hearts delight in the shedding of blood; whose days have been spent in the grossest iniquity; whose ways have been the ways of a transgressor from the beginning? Now my brethren, ye remember that this was their language.

And moreover they did say: Let us take up arms against them, that we destroy them and their iniquity out of the land, lest they overrun us and destroy us.

But behold, my beloved brethren, we came into the wilderness not with the intent to destroy our brethren, but with the intent that perhaps we might save some few of their souls.

Now when our hearts were depressed, and we were about to turn back, behold, the Lord comforted us, and said: Go amongst thy brethren, the Lamanites, and bear with patience thine afflictions, and I will give unto you success.

And now behold, we have come, and been forth amongst them; and we have been patient in our sufferings, and we have suffered every privation; yea, we have traveled from house to house, relying upon the mercies of the world—not upon the mercies of the world alone but upon the mercies of God.

29 At pinasok natin ang kanilang mga tahanan at tinuruan sila, at tinuruan natin sila sa kanilang mga lansangan; oo, at tinuruan natin sila sa kanilang mga burol; at pinasok din natin ang kanilang mga templo at kanilang mga sinagoga at tinuruan sila; at tayo ay itinaboy, at kinutya, at dinuraan, at sinampal sa ating mga pisngi; at tayo ay binato, at dinakip at iginapos ng matitibay na lubid, at itinapon sa bilangguan; at sa pamamagitan ng kapangyarihan at karunungan ng Diyos ay muli tayong naligtas.

30 At tayo ay nagdanas ng lahat ng uri ng paghihirap, at lahat ng ito, ay sa pagbabaka sakaling tayo ay maging daan upang maligtas ang ilang tao; at inakala natin na ang ating kagalakan ay malulubos kung sakali mang maging daan tayo ng kaligtasan ng ilan.

31 Ngayon masdan, tayo ay makatatanaw at makikita ang mga ibinunga ng ating mga pagpapagal; at sila ba'y iilan? Sinasabi ko sa inyo, Hindi, marami sila; oo, at nasasaksihan natin ang kanilang katapatan, dahil sa pagmamahal nila sa kanilang mga kapatid at gayon din sa atin.

32 Sapagkat masdan, higit pa nilang ninais na ialay ang kanilang buhay kaysa sa kitlin maging ang buhay ng kanilang kaaway; at ibinaon nila nang malalim sa lupa ang kanilang mga sandata ng digmaan, dahil sa kanilang pagmamahal sa kanilang mga kapatid.

33 At ngayon masdan, sinasabi ko sa inyo, nagkaroon na ba ng gayon kadakilang pag-ibig sa buong lupain? Masdan, sinasabi ko sa inyo, Wala, hindi pa nagkaroon, maging sa mga Nephita.

34 Sapagkat masdan, sila ay hahawak ng mga sandata laban sa kanilang mga kapatid; hindi nila pahihintulutang mapatay ang kanilang sarili. Subalit masdan, gaano karami sa kanila ang nag-alay ng kanilang buhay; at nalalaman nating sila ay nagtungo na sa kanilang Diyos, dahil sa kanilang pag-ibig at sa kanilang poot sa kasalanan.

And we have entered into their houses and taught them, and we have taught them in their streets; yea, and we have taught them upon their hills; and we have also entered into their temples and their synagogues and taught them; and we have been cast out, and mocked, and spit upon, and smote upon our cheeks; and we have been stoned, and taken and bound with strong cords, and cast into prison; and through the power and wisdom of God we have been delivered again.

And we have suffered all manner of afflictions, and all this, that perhaps we might be the means of saving some soul; and we supposed that our joy would be full if perhaps we could be the means of saving some.

Now behold, we can look forth and see the fruits of our labors; and are they few? I say unto you, Nay, they are many; yea, and we can witness of their sincerity, because of their love towards their brethren and also towards us.

For behold, they had rather sacrifice their lives than even to take the life of their enemy; and they have buried their weapons of war deep in the earth, because of their love towards their brethren.

And now behold I say unto you, has there been so great love in all the land? Behold, I say unto you, Nay, there has not, even among the Nephites.

For behold, they would take up arms against their brethren; they would not suffer themselves to be slain. But behold how many of these have laid down their lives; and we know that they have gone to their God, because of their love and of their hatred to sin.

35 Ngayon, hindi ba't may dahilan upang tayo ay magsaya? Oo, sinasabi ko sa inyo, kailanma'y walang taong may gayong kalaking dahilan upang magsaya kaysa sa atin, mula pa nang magsimula ang daigdig; oo, at ang aking kagalakan ay natatangay, maging hanggang sa ipagmalaki ang aking Diyos; sapagkat taglay niya ang lahat ng kapangyarihan, lahat ng karunungan, at lahat ng kaalaman; nalalaman niya ang lahat ng bagay, at isa siyang maawaing Katauhan, maging hanggang sa kaligtasan, sa mga yaong magsisisi at maniniwala sa kanyang pangalan.

36 Ngayon, kung ito ay pagmamalaki, gayon pa man ako ay magmamalaki; sapagkat ito ang aking buhay at aking liwanag, aking kagalakan at aking kaligtasan, at aking katubusan mula sa walang hanggang kapighatian. Oo, purihin ang pangalan ng aking Diyos, na naging maalalahanin sa mga taong ito, na mga sanga ng punungkahoy ng Israel, at nahiwalay mula sa katawan nito sa isang di kilalang lupain; oo, sinasabi ko, purihin ang pangalan ng aking Diyos, na naging maalalahanin sa atin, na mga ligaw sa isang di kilalang lupain.

37 Ngayon mga kapatid ko, nakikita nating maalalahanin ang Diyos sa bawat tao, saan mang lupain sila naroroon; oo, bilang niya ang kanyang mga tao, at ang kanyang sisidlan ng awa ay laganap sa buong mundo. Ngayon, ito ang aking kagalakan, at aking labis na ipinagpapasalamat; oo, at ako ay magbibigay-pasasalamat sa aking Diyos magpakailanman. Amen.

Now have we not reason to rejoice? Yea, I say unto you, there never were men that had so great reason to rejoice as we, since the world began; yea, and my joy is carried away, even unto boasting in my God; for he has all power, all wisdom, and all understanding; he comprehendeth all things, and he is a merciful Being, even unto salvation, to those who will repent and believe on his name.

Now if this is boasting, even so will I boast; for this is my life and my light, my joy and my salvation, and my redemption from everlasting wo. Yea, blessed is the name of my God, who has been mindful of this people, who are a branch of the tree of Israel, and has been lost from its body in a strange land; yea, I say, blessed be the name of my God, who has been mindful of us, wanderers in a strange land.

Now my brethren, we see that God is mindful of every people, whatsoever land they may be in; yea, he numbereth his people, and his bowels of mercy are over all the earth. Now this is my joy, and my great thanksgiving; yea, and I will give thanks unto my God forever. Amen.

## Alma 27

- 1 Ngayon ito ay nangyari na, nang ang mga yaong Lamanita na nakidigma laban sa mga Nephita ay malaman, matapos ang marami nilang pagsusumikap na lipulin sila, na walang kabuluhang hangarin ang kanilang pagkalipol, sila ay nagbalik na muli sa lupain ng Nephi.
- 2 At ito ay nangyari na, na ang mga Amalekita, dahil sa kanilang kawalan, ay labis na nagalit. At nang makitang hindi sila makapaghahangad ng paghihiganti sa mga Nephita, sinimulan nilang pukawin ang mga tao na magalit laban sa kanilang mga kapatid, ang mga tao ni Anti-Nephi-Lehi; anupa't sila ay nagsimulang muli sa paglipol sa kanila.
- 3 Ngayon, ang mga taong ito ay muling tumangging humawak ng kanilang mga sandata, at pinahintulutan ang kanilang sariling patayin alinsunod sa mga naisin ng kanilang mga kaaway.
- 4 Ngayon, nang makita ni Ammon at ng kanyang mga kapatid ang gawaing ito ng pagkalipol sa mga yaong labis nilang minamahal, at sa mga yaong labis na nagmamahal sa kanila—sapagkat sila ay pinakitunguhan na tila bagang sila ay mga anghel na isinugo mula sa Diyos upang iligtas sila mula sa walang hanggang pagkawasak—kaya nga nang makita ni Ammon at ng kanyang mga kapatid ang malaking gawaing ito ng pagkalipol, sila ay naantig sa pagkahabag, at sinabi nila sa hari:
- 5 Magkakasamang tipunin natin ang mga taong ito ng Panginoon, at tayo ay bumaba patungo sa lupain ng Zarahemla sa ating mga kapatid na mga Nephita, at magsitakas mula sa mga kamay ng ating mga kaaway, upang hindi tayo malipol.
- 6 Subalit sinabi ng hari sa kanila: Masdan, lilipulin kami ng mga Nephita, dahil sa maraming pagpaslang at kasalanang nagawa namin laban sa kanila.
- 7 At sinabi ni Ammon: Hahayo ako at magtatanong sa Panginoon, at kung sasabihin niya sa atin, bumaba patungo sa inyong mga kapatid, maglalakbay ba kayo?

## Alma 27

Now it came to pass that when those Lamanites who had gone to war against the Nephites had found, after their many struggles to destroy them, that it was in vain to seek their destruction, they returned again to the land of Nephi.

And it came to pass that the Amalekites, because of their loss, were exceedingly angry. And when they saw that they could not seek revenge from the Nephites, they began to stir up the people in anger against their brethren, the people of Anti-Nephi-Lehi; therefore they began again to destroy them.

Now this people again refused to take their arms, and they suffered themselves to be slain according to the desires of their enemies.

Now when Ammon and his brethren saw this work of destruction among those whom they so dearly beloved, and among those who had so dearly beloved them—for they were treated as though they were angels sent from God to save them from everlasting destruction—therefore, when Ammon and his brethren saw this great work of destruction, they were moved with compassion, and they said unto the king:

Let us gather together this people of the Lord, and let us go down to the land of Zarahemla to our brethren the Nephites, and flee out of the hands of our enemies, that we be not destroyed.

But the king said unto them: Behold, the Nephites will destroy us, because of the many murders and sins we have committed against them.

And Ammon said: I will go and inquire of the Lord, and if he say unto us, go down unto our brethren, will ye go?

- 8 At sinabi ng hari sa kanya: Oo, kung sasabihin ng Panginoon sa amin na maglakbay, kami ay bababa patungo sa ating mga kapatid, at kami ay kanilang magiging mga alipin hanggang sa mapagbayaran namin sa kanila ang maraming pagpaslang at mga kasalanang nagawa namin laban sa kanila.
- 9 Subalit sinabi ni Ammon sa kanya: Laban sa batas ng aming mga kapatid, na itinakda ng aking ama, na magkaroon ng kahit sino mang alipin sa kanila; samakatwid, tayo ay bumaba at umasa sa awa ng ating mga kapatid.
- 10 Subalit sinabi ng hari sa kanya: Magtanong sa Panginoon, at kung sasabihin niya sa aming maglakbay, kami ay maglalakbay; kung hindi, kami ay masasawi sa lupain.
- 11 At ito ay nangyari na, na si Ammon ay humayo at nagtanong sa Panginoon, at sinabi ng Panginoon sa kanya:
- 12 Ilikas ang mga taong ito mula sa lupaing ito, upang hindi sila mangasawi; sapagkat si Satanas ay may matibay na pagkakawahawak sa mga puso ng mga Amalekita, na siyang pumukaw sa mga Lamanita na magalit laban sa kanilang mga kapatid upang patayin sila; kaya nga, lumikas ka sa lupaing ito; at pinagpala ang mga taong ito ng salinlahing ito, sapagkat pangangalagaan ko sila.
- 13 At ngayon ito ay nangyari na, na si Ammon ay humayo at sinabi sa hari ang lahat ng salitang sinabi ng Panginoon sa kanya.
- 14 At magkakasamang tinipon nila ang lahat ng kanilang tao, oo, lahat ng tao ng Panginoon, at magkakasamang tinipon ang lahat ng kanilang mga kawan ng tupa at baka, at nilisan ang lupain, at nakarating sa ilang na humahati sa lupain ng Nephi mula sa lupain ng Zarahemla, at nakarating sa malapit sa mga hangganan ng lupain.
- 15 At ito ay nangyari na, na sinabi ni Ammon sa kanila: Masdan, ako at ang aking mga kapatid ay magtutungo sa lupain ng Zarahemla, at kayo ay mananatili rito hanggang sa kami ay magbalik; at susubukin namin ang mga puso ng ating mga kapatid, kung kanilang papapasukin kayo sa kanilang lupain.

And the king said unto him: Yea, if the Lord saith unto us go, we will go down unto our brethren, and we will be their slaves until we repair unto them the many murders and sins which we have committed against them.

But Ammon said unto him: It is against the law of our brethren, which was established by my father, that there should be any slaves among them; therefore let us go down and rely upon the mercies of our brethren.

But the king said unto him: Inquire of the Lord, and if he saith unto us go, we will go; otherwise we will perish in the land.

And it came to pass that Ammon went and inquired of the Lord, and the Lord said unto him:

Get this people out of this land, that they perish not; for Satan has great hold on the hearts of the Amalekites, who do stir up the Lamanites to anger against their brethren to slay them; therefore get thee out of this land; and blessed are this people in this generation, for I will preserve them.

And now it came to pass that Ammon went and told the king all the words which the Lord had said unto him.

And they gathered together all their people, yea, all the people of the Lord, and did gather together all their flocks and herds, and departed out of the land, and came into the wilderness which divided the land of Nephi from the land of Zarahemla, and came over near the borders of the land.

And it came to pass that Ammon said unto them: Behold, I and my brethren will go forth into the land of Zarahemla, and ye shall remain here until we return; and we will try the hearts of our brethren, whether they will that ye shall come into their land.



- 16 At ito ay nangyari na, habang si Ammon ay papasok sa lupain, na siya at ang kanyang mga kapatid ay nakasalubong si Alma, sa lupaing nabanggit; at masdan, ito ay isang napakasayang pagtatagpo.
- 17 Ngayon, ang kagalakan ni Ammon ay napakalaki maging sa siya ay napuspos; oo, siya ay nadaig sa kagalakan ng kanyang Diyos, maging sa pagkaubos ng kanyang lakas; at muli siyang nalugmok sa lupa.
- 18 Ngayon, hindi ba't sa labis itong kagalakan? Masdan, ito ang kagalakan na walang makatatanggap maliban sa tunay na nagsisisi at mapagpakumbabang naghahanap ng kaligayahan.
- 19 Ngayon, ang kagalakan ni Alma sa pagkakakita sa kanyang mga kapatid ay tunay na masidhi, at gayon din ang kagalakan ni Aaron, ni Omner, at Himni; subalit masdan, ang kanilang kagalakan ay hindi gayon upang madaig ang kanilang lakas.
- 20 At ngayon ito ay nangyari na, na nanguna si Alma sa kanyang mga kapatid pabalik sa lupain ng Zarahemla; maging sa kanyang sariling tahanan. At sila ay nagtungo at sinabi sa punong hukom ang lahat ng bagay na naganap sa kanila sa lupain ng Nephi, sa kanilang mga kapatid, ang mga Lamanita.
- 21 At ito ay nangyari na, na ang punong hukom ay nagpadala ng isang pahayag sa lahat ng dako ng buong lupain, hinihingi ang tinig ng mga tao hinggil sa pagtanggap sa kanilang mga kapatid, na mga tao ni Anti-Nephi-Lehi.
- 22 At ito ay nangyari na, na ang tinig ng mga tao ay nagpahayag, sinasabing: Masdan, lilisanin namin ang lupain ng Jershon, na nasa silangang dagat, na nagdurugtong sa lupaing Masagana, na nasa timog ng lupaing Masagana; at ang lupaing ito ng Jershon ang lupaing ipagkakaloob namin sa aming mga kapatid bilang isang mana.
- 23 At masdan, itatalaga namin ang aming mga hukbo sa pagitan ng lupaing Jershon at lupaing Nephi, upang mapangalagaan namin ang aming mga kapatid sa lupaing Jershon; at ito ay gagawin namin para sa aming mga kapatid, dahil sa kanilang takot na humawak ng mga sandata laban sa kanilang mga kapatid na baka sila ay makagawa ng kasalanan; at ang malaking takot na ito ay nadama dahil sa kanilang labis na pagsisisi, dahil sa marami nilang pagpaslang at kanilang kakila-kilabot na kasamaan.

And it came to pass that as Ammon was going forth into the land, that he and his brethren met Alma, over in the place of which has been spoken; and behold, this was a joyful meeting.

Now the joy of Ammon was so great even that he was full; yea, he was swallowed up in the joy of his God, even to the exhausting of his strength; and he fell again to the earth.

Now was not this exceeding joy? Behold, this is joy which none receiveth save it be the truly penitent and humble seeker of happiness.

Now the joy of Alma in meeting his brethren was truly great, and also the joy of Aaron, of Omner, and Himni; but behold their joy was not that to exceed their strength.

And now it came to pass that Alma conducted his brethren back to the land of Zarahemla; even to his own house. And they went and told the chief judge all the things that had happened unto them in the land of Nephi, among their brethren, the Lamanites.

And it came to pass that the chief judge sent a proclamation throughout all the land, desiring the voice of the people concerning the admitting their brethren, who were the people of Anti-Nephi-Lehi.

And it came to pass that the voice of the people came, saying: Behold, we will give up the land of Jershon, which is on the east by the sea, which joins the land Bountiful, which is on the south of the land Bountiful; and this land Jershon is the land which we will give unto our brethren for an inheritance.

And behold, we will set our armies between the land Jershon and the land Nephi, that we may protect our brethren in the land Jershon; and this we do for our brethren, on account of their fear to take up arms against their brethren lest they should commit sin; and this their great fear came because of their sore repentance which they had, on account of their many murders and their awful wickedness.

24 At ngayon masdan, ito ay gagawin namin para sa aming mga kapatid, upang mamana nila ang lupaing Jerson; at babantayan namin sila ng aming mga hukbo mula sa kanilang mga kaaway, kung bibigyan nila kami ng isang bahagi ng kanilang mga kabuhayan upang tulungan kaming matustusan namin ang aming mga hukbo.

25 Ngayon, ito ay nangyari na, nang ito ay marinig ni Ammon, siya ay nagbalik sa mga tao ni Anti-Nephi-Lehi, at kasama rin niya si Alma, sa ilang, kung saan nila itinayo ang kanilang mga tolda, at ipinaalam sa kanila ang lahat ng bagay na ito. At isinalaysay rin ni Alma sa kanila ang kanyang pagbabalik-loob, kasama nina Ammon at Aaron, at ng kanyang mga kapatid.

26 At ito ay nangyari na, na ito ay nagdulot ng malaking kagalakan sa kanila. At sila ay bumaba patungo sa lupain ng Jerson, at inangkin ang lupain ng Jerson; at sila ay tinawag ng mga Nephita na mga tao ni Ammon; anupa't sila ay nakilala sa pangalang yaon magmula noon.

27 At sila ay nasa mga tao ni Nephi, at ibinilang din sa mga tao na kabilang sa simbahan ng Diyos. At nakilala rin sila sa kanilang pagiging masigasig sa Diyos, at gayon din sa mga tao; sapagkat sila ay ganap na matatapat at matwid sa lahat ng bagay; at sila ay matatag sa pananampalataya kay Cristo, maging hanggang sa katapusan.

28 At tinatanaw nila ang pagpapadanak ng dugo ng kanilang mga kapatid nang may masidhing kapootan; at kailanma'y hindi na sila nahimok pang humawak ng mga sandata laban sa kanilang mga kapatid; at kailanma'y hindi nila tinatanaw ang kamatayan nang may kaunting antas ng pangigingilabot dahil sa kanilang pag-asa at pananaw hinggil kay Cristo at sa pagkabuhay na mag-uli; anupa't ang kamatayan ay nalulon sa kanila sa pamamagitan ng tagumpay rito ni Cristo.

29 Kaya nga, sila ay magdurusa ng kamatayan sa pinakamabigat at nakapipighating pamamaraan na maaaring ipabata ng kanilang mga kapatid, bago nila hawakan ang kanilang mga espada o simitar upang patayin sila.

30 At sa gayon sila ay masisigasig at mga mapagmahal na tao, mga taong labis na pinagpala ng Panginoon.

And now behold, this will we do unto our brethren, that they may inherit the land Jershon; and we will guard them from their enemies with our armies, on condition that they will give us a portion of their substance to assist us that we may maintain our armies.

Now, it came to pass that when Ammon had heard this, he returned to the people of Anti-Nephi-Lehi, and also Alma with him, into the wilderness, where they had pitched their tents, and made known unto them all these things. And Alma also related unto them his conversion, with Ammon and Aaron, and his brethren.

And it came to pass that it did cause great joy among them. And they went down into the land of Jershon, and took possession of the land of Jershon; and they were called by the Nephites the people of Ammon; therefore they were distinguished by that name ever after.

And they were among the people of Nephi, and also numbered among the people who were of the church of God. And they were also distinguished for their zeal towards God, and also towards men; for they were perfectly honest and upright in all things; and they were firm in the faith of Christ, even unto the end.

And they did look upon shedding the blood of their brethren with the greatest abhorrence; and they never could be prevailed upon to take up arms against their brethren; and they never did look upon death with any degree of terror, for their hope and views of Christ and the resurrection; therefore, death was swallowed up to them by the victory of Christ over it.

Therefore, they would suffer death in the most aggravating and distressing manner which could be inflicted by their brethren, before they would take the sword or cimeter to smite them.

And thus they were a zealous and beloved people, a highly favored people of the Lord.

## Alma 28

- 1 At ito ay nangyari na, na matapos na ang mga tao ni Ammon ay makapanirahan sa lupain ng Jerson, at isa ring simbahan ang naitatag sa lupain ng Jerson, at ang mga hukbo ng mga Nephita ay naitalaga na sa palibot ng lupain ng Jerson, oo, sa lahat ng hangganan sa palibot ng lupain ng Zarahemla; masdan, sinundan ng mga hukbo ng mga Lamanita ang kanilang mga kapatid sa ilang.
- 2 At sa gayon nagkaroon ng isang napakalaking digmaan; oo, maging isa na kailanma'y hindi pa nakita sa lahat ng tao sa lupain mula sa panahong nilisan ni Lehi ang Jerusalem; oo, at sampu-sampung libo sa mga Lamanita ang napatay at nagkalat sa paligid.
- 3 Oo, at nagkaroon din ng napakalaking pagkatay sa mga tao ni Nephi; gayon pa man, ang mga Lamanita ay naitaboy at naikalat, at ang mga tao ni Nephi ay muling nagsibalik sa kanilang lupain.
- 4 At ngayon ito ay isang panahon na may narinig na masidhing pagdadalamhati at pananaghoy sa lahat ng dako ng buong lupain, sa lahat ng tao ni Nephi—
- 5 Oo, ang iyakan ng mga balong nagdadalamhati dahil sa kanilang mga asawa, at gayon din ng mga amang nagdadalamhati dahil sa kanilang mga anak na lalaki, at ang mga anak na babae dahil sa kanilang mga kapatid, oo, ang mga magkakapatid dahil sa ama; at sa gayon maririnig ang mga iyak ng pagdadalamhati sa kanilang lahat, nagdadalamhati dahil sa kanilang kaanak na napatay.
- 6 At ngayon, tunay na ito'y nakalulungkot na araw; oo, isang panahon ng kahinahunan, at isang panahon ng labis na pag-aayuno at panalangin.
- 7 At sa gayon nagtapos ang ikalabinglimang taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi;
- 8 At ito ang ulat ni Ammon at ng kanyang mga kapatid, ang kanilang mga paglalakbay sa lupain ng Nephi, ang kanilang mga pagdurusa sa lupain, ang kanilang mga kalungkutan, at kanilang mga paghihirap, at kanilang hindi maunawaang kagalakan, at ang pagtanggap at pagkakaligtas ng mga kapatid sa lupain ng Jerson. At ngayon, nawa'y pagpalain ng Panginoon, ang Manunubos ng lahat ng tao, ang kanilang mga kaluluwa magpakailanman.

## Alma 28

And now it came to pass that after the people of Ammon were established in the land of Jershon, and a church also established in the land of Jershon, and the armies of the Nephites were set round about the land of Jershon, yea, in all the borders round about the land of Zarahemla; behold the armies of the Lamanites had followed their brethren into the wilderness.

And thus there was a tremendous battle; yea, even such an one as never had been known among all the people in the land from the time Lehi left Jerusalem; yea, and tens of thousands of the Lamanites were slain and scattered abroad.

Yea, and also there was a tremendous slaughter among the people of Nephi; nevertheless, the Lamanites were driven and scattered, and the people of Nephi returned again to their land.

And now this was a time that there was a great mourning and lamentation heard throughout all the land, among all the people of Nephi—

Yea, the cry of widows mourning for their husbands, and also of fathers mourning for their sons, and the daughter for the brother, yea, the brother for the father; and thus the cry of mourning was heard among all of them, mourning for their kindred who had been slain.

And now surely this was a sorrowful day; yea, a time of solemnity, and a time of much fasting and prayer.

And thus endeth the fifteenth year of the reign of the judges over the people of Nephi;

And this is the account of Ammon and his brethren, their journeyings in the land of Nephi, their sufferings in the land, their sorrows, and their afflictions, and their incomprehensible joy, and the reception and safety of the brethren in the land of Jershon. And now may the Lord, the Redeemer of all men, bless their souls forever.

- 9 At ito ang ulat ng mga digmaan at alitan sa mga Nephita, at gayon din ng mga digmaang namagitan sa mga Nephita at sa mga Lamanita; at ang ikalabinglimang taon ng panunungkulan ng mga hukom ay nagtapos.
- 10 At sa unang taon hanggang sa ikalabinglima ay naganap ang pagkawasak ng maraming libu-libong buhay; oo, naganap ang isang kakila-kilabot na tagpo ng pagdanak ng dugo.
- 11 At ang mga katawan ng maraming libu-libo ay naibaon sa ilalim ng lupa, samantalang ang mga katawan ng marami pang libu-libo ay nangagagnasan sa mga bunton sa ibabaw ng lupa; oo, at maraming libu-libo ang nagdalamhati sa pagkawala ng kanilang mga kaanak, sapagkat may dahilan silang matakot, alinsunod sa mga pangako ng Panginoon, na sila ay nakatalaga sa kalagayan ng walang katapusang kapighatian.
- 12 Samantalang ang iba sa maraming libu-libo ay tunay na nagdalamhati dahil sa pagkawala ng kanilang mga kaanak, gayon pa man, sila ay nagsaya at nagpakagalak sa pag-asa, at nalalaman din, ayon sa mga pangako ng Panginoon, na sila ay ibabangon upang mamalagi sa kanang kamay ng Diyos, sa kalagayan ng walang katapusang kaligayahan.
- 13 At sa gayon nakikita natin kung gaano kalaki ang di pagkakapantay-pantay ng tao dahil sa kasalanan at paglabag, at ng kapangyarihan ng diyablo, na nagmumula sa pamamagitan ng mga tusong plano na kanyang pinapakana upang masilo ang mga puso ng tao.
- 14 At sa gayon nakikita natin ang dakilang panawagan na magsumigasig ang mga tao na gumawa sa mga ubasan ng Panginoon; at sa gayon nakikita natin ang malaking dahilan ng kalungkutan, at gayon din ng pagsasaya —kalungkutan dahil sa kamatayan at pagkalipol ng mga tao, at kagalakan dahil sa liwanag ni Cristo tungo sa pagkabuhay.

And this is the account of the wars and contentions among the Nephites, and also the wars between the Nephites and the Lamanites; and the fifteenth year of the reign of the judges is ended.

And from the first year to the fifteenth has brought to pass the destruction of many thousand lives; yea, it has brought to pass an awful scene of bloodshed.

And the bodies of many thousands are laid low in the earth, while the bodies of many thousands are moldering in heaps upon the face of the earth; yea, and many thousands are mourning for the loss of their kindred, because they have reason to fear, according to the promises of the Lord, that they are consigned to a state of endless wo.

While many thousands of others truly mourn for the loss of their kindred, yet they rejoice and exult in the hope, and even know, according to the promises of the Lord, that they are raised to dwell at the right hand of God, in a state of never-ending happiness.

And thus we see how great the inequality of man is because of sin and transgression, and the power of the devil, which comes by the cunning plans which he hath devised to ensnare the hearts of men.

And thus we see the great call of diligence of men to labor in the vineyards of the Lord; and thus we see the great reason of sorrow, and also of rejoicing —sorrow because of death and destruction among men, and joy because of the light of Christ unto life.

## Alma 29

- 1 O na ako'y isang anghel, at matatamo ang mithiin ng aking puso, na ako ay makahayo at makapangusap nang may pakakak ng Diyos, nang may tinig upang mayanig ang mundo, at mangaral ng pagsisisi sa lahat ng tao!
- 2 Oo, ipahahayag ko sa lahat ng kaluluwa, tulad ng tinig ng kulog, ang pagsisisi at ang plano ng pagtubos, na nararapat silang magsisi at magsilapit sa ating Diyos, upang hindi na magkaroon pa ng kalungkutan sa balat ng lupa.
- 3 Subalit masdan, ako ay isang tao, at nagkakasala sa aking mithiin; sapagkat nararapat akong malugod sa mga bagay na iniukol sa akin ng Panginoon.
- 4 Hindi ko nararapat na ipilit ang aking mga naisin sa matatag na pasiya ng makatarungang Diyos, sapagkat nalalaman kong ipinagkakaloob niya sa mga tao ang naaayon sa kanilang naisin, maging ito man ay sa kamatayan o sa pagkabuhay; oo, nalalaman kong itinatalaga niya sa mga tao, oo, ipinag-uutos sa kanila ang mga batas na hindi mababago, alinsunod sa kanilang mga kagustuhan, maging ang mga ito man ay sa kaligtasan o sa pagkawasak.
- 5 Oo, at nalalaman ko na ang mabuti at masama ay sumasalihat ng tao; siya na hindi nalalaman ang mabuti sa masama ay walang pagkakasala; subalit siya na nakaalam ng mabuti at masama, sa kanya ay ipagkakaloob ang naaayon sa kanyang mga naisin, maging naisin man niya ang mabuti o masama, buhay o kamatayan, kagalakan o paggigiyagis ng budhi.
- 6 Ngayon, nakikitang nalalaman ko ang mga bagay na ito, bakit kailangang naisin ko ang higit pa kaysa sa pagsasagawa ng gawain kung saan ako ay tinawag?
- 7 Bakit kailangang naisin ko na sana ako'y isang anghel, upang makapangusap ako sa lahat ng dulo ng mundo?

## Alma 29

O that I were an angel, and could have the wish of mine heart, that I might go forth and speak with the trump of God, with a voice to shake the earth, and cry repentance unto every people!

Yea, I would declare unto every soul, as with the voice of thunder, repentance and the plan of redemption, that they should repent and come unto our God, that there might not be more sorrow upon all the face of the earth.

But behold, I am a man, and do sin in my wish; for I ought to be content with the things which the Lord hath allotted unto me.

I ought not to harrow up in my desires the firm decree of a just God, for I know that he granteth unto men according to their desire, whether it be unto death or unto life; yea, I know that he allotteth unto men, yea, decreeth unto them decrees which are unalterable, according to their wills, whether they be unto salvation or unto destruction.

Yea, and I know that good and evil have come before all men; he that knoweth not good from evil is blameless; but he that knoweth good and evil, to him it is given according to his desires, whether he desireth good or evil, life or death, joy or remorse of conscience.

Now, seeing that I know these things, why should I desire more than to perform the work to which I have been called?

Why should I desire that I were an angel, that I could speak unto all the ends of the earth?

- 8 Sapagkat masdan, ang Panginoon ay nagtutulot sa lahat ng bansa, sa kanilang sariling bansa at wika, na ituro ang kanyang salita, oo, sa karunungan, lahat ng nakikita niyang karapat-dapat na taglayin nila; anupa't nakikita natin na ang Panginoon ay nagpapayo sa karunungan, alinsunod sa yaong makatarungan at totoo.
- 9 Nalalaman ko yaong ipinag-utos sa akin ng Panginoon, at ipinagkakapuri ko ito. Hindi ako nagpupuri sa aking sarili, kundi ipinagkakapuri ko yaong ipinag-utos sa akin ng Panginoon; oo, at ito ang aking kaluwalhatian, na baka sakaling ako'y maging kasangkapan sa mga kamay ng Diyos upang madala ang ilang kaluluwa sa pagsisisi; at ito ang aking kagalakan.
- 10 At masdan, kapag nakita kong tunay na nagsisisi ang marami sa aking mga kapatid, at lumalapit sa Panginoon nilang Diyos, sa gayon napupuspos ang aking kaluluwa ng kagalakan; sa panahong yaon naaalaala ko kung ano ang ginawa ng Panginoon para sa akin, oo, maging sa dininig niya ang aking panalangin; oo, sa panahong yaon ko naaalaala ang kanyang maawaing bisig na iniunat niya sa akin.
- 11 Oo, at naaalaala ko rin ang pagkabihag ng aking mga ama; sapagkat tunay na nalalaman ko na ang Panginoon ang siyang nagpalaya sa kanila sa pagkaalipin, at sa pamamagitan nito ay itinatag ang kanyang simbahan; oo, ang Panginoong Diyos, ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Isaac, at ang Diyos ni Jacob ay pinalaya sila mula sa pagkaalipin.
- 12 Oo, parati kong naaalaala ang pagkabihag ng aking mga ama; at ang Diyos ding yaon na nagligtas sa kanila mula sa mga kamay ng mga taga-Egipto ang siyang nagpalaya sa kanila mula sa pagkaalipin.
- 13 Oo, at ang Diyos ding yaon ay nagtatag ng kanyang simbahan sa kanila; oo, at ang Diyos ding yaon ay tinawag ako sa isang banal na tungkulin, ang ipangaral ang salita sa mga taong ito, at pinagkalooban ako ng malaking tagumpay, kung saan ang aking kagalakan ay nalubos.
- 14 Subalit hindi lamang ako nagagalak sa aking sariling tagumpay, kundi higit pang nalubos ang aking kagalakan dahil sa tagumpay ng aking mga kapatid, na nagtungo sa lupain ng Nephi.

For behold, the Lord doth grant unto all nations, of their own nation and tongue, to teach his word, yea, in wisdom, all that he seeth fit that they should have; therefore we see that the Lord doth counsel in wisdom, according to that which is just and true.

I know that which the Lord hath commanded me, and I glory in it. I do not glory of myself, but I glory in that which the Lord hath commanded me; yea, and this is my glory, that perhaps I may be an instrument in the hands of God to bring some soul to repentance; and this is my joy.

And behold, when I see many of my brethren truly penitent, and coming to the Lord their God, then is my soul filled with joy; then do I remember what the Lord has done for me, yea, even that he hath heard my prayer; yea, then do I remember his merciful arm which he extended towards me.

Yea, and I also remember the captivity of my fathers; for I surely do know that the Lord did deliver them out of bondage, and by this did establish his church; yea, the Lord God, the God of Abraham, the God of Isaac, and the God of Jacob, did deliver them out of bondage.

Yea, I have always remembered the captivity of my fathers; and that same God who delivered them out of the hands of the Egyptians did deliver them out of bondage.

Yea, and that same God did establish his church among them; yea, and that same God hath called me by a holy calling, to preach the word unto this people, and hath given me much success, in the which my joy is full.

But I do not joy in my own success alone, but my joy is more full because of the success of my brethren, who have been up to the land of Nephi.

- 15 Masdan, sila ay nagpagal nang labis, at namunga ng maraming bunga; at kaydakila ng kanilang magiging gantimpala!
- 16 Ngayon, kapag naiisip ko ang tagumpay ng aking mga kapatid na ito, ang aking kaluluwa ay natatangay, maging sa paghihiwalay nito mula sa katawan, sa wari'y gayon ito, napakalaki ng aking kagalakan.
- 17 At ngayon, nawa'y ipagkaloob ng Diyos sa kanila, na aking mga kapatid, na sila ay makaupo sa kaharian ng Diyos; oo, at gayon din ang lahat ng yaong bunga ng kanilang pagpapagal upang hindi na sila muling mawala pa, kundi kanilang purihin siya magpakailanman. At nawa'y ipagkaloob ng Diyos na maganap ang naaayon sa aking mga salita, maging tulad ng aking mga sinabi. Amen.

Behold, they have labored exceedingly, and have brought forth much fruit; and how great shall be their reward!

Now, when I think of the success of these my brethren my soul is carried away, even to the separation of it from the body, as it were, so great is my joy.

And now may God grant unto these, my brethren, that they may sit down in the kingdom of God; yea, and also all those who are the fruit of their labors that they may go no more out, but that they may praise him forever. And may God grant that it may be done according to my words, even as I have spoken. Amen.

## Alma 30

- 1 Masdan, ngayon ito ay nangyari na, na matapos na ang mga tao ni Ammon ay makapanirahan sa lupain ng Jerson, oo, at matapos ding maitaboy ang mga Lamanita palabas ng lupain, at ang kanilang mga patay ay nailibing na ng mga tao ng lupain—
- 2 Ngayon, ang kanilang mga patay ay hindi mabilang dahil sa kalakihan ng kanilang bilang; ni ang mga patay ng mga Nephita ay mabilang—subalit ito ay nangyari na, matapos nilang ilibing ang kanilang mga patay, at matapos din ang mga araw ng pag-aayuno, at pagdadalamhati, at panalangin, (at ito ay sa ikalabing-anim na taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi) na nagsimulang magkaroon ng patuloy na kapayapaan sa lahat ng dako ng buong lupain.
- 3 Oo, at ang mga tao ay ginawang sundin ang mga kautusan ng Panginoon; at sila ay mahigpit sa pagpapatupad ng mga ordenansa ng Diyos, alinsunod sa mga batas ni Moises; sapagkat sila ay tinuruang sundin ang mga batas ni Moises hanggang sa matupad ito.
- 4 At sa gayon ang mga tao ay hindi na nagkaroon ng kaguluhan sa buong ikalabing-anim na taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.
- 5 At ito ay nangyari na, na sa pagsisimula ng ikalabimpitong taon ng panunungkulan ng mga hukom, ay nagkaroon ng patuloy na kapayapaan.
- 6 Subalit ito ay nangyari na, na sa dakong huli ng ikalabimpitong taon, may isang lalaking dumating sa lupain ng Zarahemla, at siya ay isang Anti-Cristo, sapagkat siya ay nagsimulang mangaral sa mga tao laban sa mga propesiyang sinabi ng mga propeta, hinggil sa pagparito ni Cristo.
- 7 Ngayon, walang batas laban sa paniniwala ng isang tao; sapagkat mahigpit itong sumasalungat sa mga utos ng Diyos na magkaroon ng isang batas na makapaglilagay sa mga tao sa di pantay na katayuan.
- 8 Sapagkat ganito ang wika ng mga banal na kasulatan: Piliin ninyo sa araw na ito, kung sino ang inyong paglilingkuran.

## Alma 30

Behold, now it came to pass that after the people of Ammon were established in the land of Jershon, yea, and also after the Lamanites were driven out of the land, and their dead were buried by the people of the land—

Now their dead were not numbered because of the greatness of their numbers; neither were the dead of the Nephites numbered—but it came to pass after they had buried their dead, and also after the days of fasting, and mourning, and prayer, (and it was in the sixteenth year of the reign of the judges over the people of Nephi) there began to be continual peace throughout all the land.

Yea, and the people did observe to keep the commandments of the Lord; and they were strict in observing the ordinances of God, according to the law of Moses; for they were taught to keep the law of Moses until it should be fulfilled.

And thus the people did have no disturbance in all the sixteenth year of the reign of the judges over the people of Nephi.

And it came to pass that in the commencement of the seventeenth year of the reign of the judges, there was continual peace.

But it came to pass in the latter end of the seventeenth year, there came a man into the land of Zarahemla, and he was Anti-Christ, for he began to preach unto the people against the prophecies which had been spoken by the prophets, concerning the coming of Christ.

Now there was no law against a man's belief; for it was strictly contrary to the commands of God that there should be a law which should bring men on to unequal grounds.

For thus saith the scripture: Choose ye this day, whom ye will serve.



- 9 Ngayon, kung nais ng isang tao na maglingkod sa Diyos, ito ay kanyang pribilehiyo; o sa lalong maliwanag, kung siya ay naniniwala sa Diyos ay kanyang pribilehiyong paglingkuran siya; subalit kung hindi siya naniniwala sa kanya ay walang batas upang siya'y parusahan.
- 10 Subalit kung siya ay pumaslang siya ay parurusahan hanggang sa kamatayan; at kung siya ay nanloob siya ay parurusahan din; at kung siya ay nagnakaw siya ay parurusahan din; at kung siya'y nakagawa ng pakikiapid siya ay parurusahan din; oo, sa lahat ng kasamaang ito sila ay pinarurusahan.
- 11 Sapagkat may batas na ang mga tao ay nararapat hatulan alinsunod sa kanilang mabibigat na kasalanan. Gayon pa man, walang batas laban sa paniniwala ng isang tao; kaya nga, ang isang tao ay pinarurusahan lamang sa mabibigat na kasalanang nagawa niya; anupa't ang lahat ng tao ay nasa pantay na katayuan.
- 12 At ang Anti-Cristong ito, na ang pangalan ay Korihor, (at ang batas ay walang panghahawakan sa kanya) ay nagsimulang mangaral sa mga tao na hindi magkakaroon ng isang Cristo. At alinsunod sa pamamaraang ito siya ay nangaral, sinasabing:
- 13 O kayong nakagapos sa ilalim ng isang hangal at walang kabuluhang pag-asa, bakit ninyo sinisingkawan ang inyong sarili ng mga bagay na hangal? Bakit kayo umaasa sa isang Cristo? Sapagkat walang taong makaaalam ng ano mang bagay na darating.
- 14 Masdan, ang mga bagay na ito na tinatawag ninyong mga propesiya, na sinasabi ninyong ipinapasa-pasa ng mga banal na propeta, masdan, ang mga ito ay hangal na kaugalian ng inyong mga ama.
- 15 Paano ninyo nalalaman ang katiyakan ng mga ito? Masdan, hindi ninyo maaaring malaman ang mga bagay na hindi ninyo nakikita; anupa't hindi ninyo maaaring malaman na magkakaroon ng isang Cristo.

Now if a man desired to serve God, it was his privilege; or rather, if he believed in God it was his privilege to serve him; but if he did not believe in him there was no law to punish him.

But if he murdered he was punished unto death; and if he robbed he was also punished; and if he stole he was also punished; and if he committed adultery he was also punished; yea, for all this wickedness they were punished.

For there was a law that men should be judged according to their crimes. Nevertheless, there was no law against a man's belief; therefore, a man was punished only for the crimes which he had done; therefore all men were on equal grounds.

And this Anti-Christ, whose name was Korihor, (and the law could have no hold upon him) began to preach unto the people that there should be no Christ. And after this manner did he preach, saying:

O ye that are bound down under a foolish and a vain hope, why do ye yoke yourselves with such foolish things? Why do ye look for a Christ? For no man can know of anything which is to come.

Behold, these things which ye call prophecies, which ye say are handed down by holy prophets, behold, they are foolish traditions of your fathers.

How do ye know of their surety? Behold, ye cannot know of things which ye do not see; therefore ye cannot know that there shall be a Christ.

- 16 Umaasa kayo at sinasabing nakikita ninyo ang kapatawaran ng inyong mga kasalanan. Subalit masdan, ito ay likha ng isang isipang matinding nababalisa; at ang kaguluhang ito sa inyong mga isipan ay dumating dahil sa mga kaugalian ng inyong mga ama, na umakay sa inyo palayo tungo sa isang paniniwala ng mga bagay na hindi naman gayon.
- 17 At marami pang gayong bagay ang sinabi niya sa kanila, sinasabi sa kanila na hindi maaaring magsagawa ng isang pagbabayad-sala para sa mga kasalanan ng tao, kundi ang bawat tao ay namumuhay sa buhay na ito alinsunod sa pangangasiwa ng nilikha; anupa't ang bawat tao ay umuunlad alinsunod sa kanyang likas na talino, at ang bawat tao ay nagagapi alinsunod sa kanyang lakas; at ang ano mang gawin ng tao ay hindi pagkakasala.
- 18 At sa gayon siya nangaral sa kanila, inaakay palayo ang puso ng marami, naging dahilan upang itaas nila ang kanilang mga ulo sa kanilang kasamaan, oo, inaakay palayo ang maraming kababaihan, at gayon din ang kalalakihan, na gumawa ng mga pagpapatutot—sinasabi sa kanila na kapag ang isang tao ay patay na, iyon na ang katapusan niyon.
- 19 Ngayon, ang lalaking ito ay nagtungo rin sa lupain ng Jerson, upang ipangaral ang mga bagay na ito sa mga tao ni Ammon, na noong minsan ay mga tao ng mga Lamanita.
- 20 Subalit masdan, higit silang matatalino kaysa sa marami sa mga Nephita; sapagkat kanilang dinakip siya, at iginapos siya, at dinala siya sa harapan ni Ammon, na siyang mataas na saserdote sa mga taong yaon.
- 21 At ito ay nangyari na, na iniutos niyang dalhin siya palabas ng lupain. At siya ay nagtungo sa lupain ng Gedeon, at nagsimula ring mangaral sa kanila; at doon siya ay hindi nagtamo ng gaanong tagumpay, sapagkat siya ay dinakip at iginapos at dinala sa harapan ng mataas na saserdote, at gayon din sa punong hukom ng lupain.

Ye look forward and say that ye see a remission of your sins. But behold, it is the effect of a frenzied mind; and this derangement of your minds comes because of the traditions of your fathers, which lead you away into a belief of things which are not so.

And many more such things did he say unto them, telling them that there could be no atonement made for the sins of men, but every man fared in this life according to the management of the creature; therefore every man prospered according to his genius, and that every man conquered according to his strength; and whatsoever a man did was no crime.

And thus he did preach unto them, leading away the hearts of many, causing them to lift up their heads in their wickedness, yea, leading away many women, and also men, to commit whoredoms—telling them that when a man was dead, that was the end thereof.

Now this man went over to the land of Jershon also, to preach these things among the people of Ammon, who were once the people of the Lamanites.

But behold they were more wise than many of the Nephites; for they took him, and bound him, and carried him before Ammon, who was a high priest over that people.

And it came to pass that he caused that he should be carried out of the land. And he came over into the land of Gideon, and began to preach unto them also; and here he did not have much success, for he was taken and bound and carried before the high priest, and also the chief judge over the land.

- 22 At ito ay nangyari na, na sinabi ng mataas na saserdote sa kanya: Bakit lumilibot ka sa pagliligaw ng mga landas ng Panginoon? Bakit nagtuturo ka sa mga taong ito na hindi magkakaroon ng isang Cristo, upang gambalain ang mga pagsasaya nila? Bakit nangungusap ka laban sa lahat ng propesiya ng mga banal na propeta?
- 23 Ngayon, ang pangalan ng mataas na saserdoteng ito ay Gidonas. At sinabi ni Korihor sa kanya: Sapagkat hindi ko itinuturo ang mga hangal na kaugalian ng inyong mga ama, at sapagkat hindi ko itinuturo sa mga taong ito na igapos ang kanilang sarili sa ilalim ng mga hangal na ordenansa at gawaing inilatag ng mga sinaunang saserdote, upang mangamkam ng kapangyarihan at karapatan sa kanila, upang panatilihin sila sa kawalang-malay, nang sa gayon hindi nila itaas ang kanilang mga ulo, kundi hilahing pababa alinsunod sa iyong mga salita.
- 24 Sinasabi mong ang mga taong ito ay mga taong malaya. Masdan, sinasabi kong sila ay nasa pagkaalipin. Sinasabi mong yaong mga sinaunang propesiya ay totoo. Masdan, sinasabi kong hindi mo nalalaman na ang mga ito ay totoo.
- 25 Sinasabi mong ang mga taong ito ay may pagkakasala at mga nahulog na tao, dahil sa paglabag ng isang magulang. Masdan, sinasabi kong hindi nagkasala ang isang musmos dahil sa mga magulang niya.
- 26 At sinasabi mo ring paparito si Cristo. Subalit masdan, sinasabi kong hindi mo nalalaman na magkakaroon ng isang Cristo. At sinasabi mo ring siya ay papatayin para sa mga kasalanan ng sanlibutan—
- 27 At sa gayon inakay mong palayo ang mga taong ito alinsunod sa mga hangal na kaugalian ng iyong mga ama, at alinsunod sa iyong mga sariling naisin; at pinanatili mo sila, maging sa pagkaalipin, upang pagsawain ninyo ang inyong sarili sa mga gawa ng kanilang mga kamay, upang hindi sila magtangkang tumingin nang may katapangan, at upang hindi sila magtangkang magtamasa ng kanilang mga karapatan at pribilehiyo.

And it came to pass that the high priest said unto him: Why do ye go about perverting the ways of the Lord? Why do ye teach this people that there shall be no Christ, to interrupt their rejoicings? Why do ye speak against all the prophecies of the holy prophets?

Now the high priest's name was Giddonah. And Korihor said unto him: Because I do not teach the foolish traditions of your fathers, and because I do not teach this people to bind themselves down under the foolish ordinances and performances which are laid down by ancient priests, to usurp power and authority over them, to keep them in ignorance, that they may not lift up their heads, but be brought down according to thy words.

Ye say that this people is a free people. Behold, I say they are in bondage. Ye say that those ancient prophecies are true. Behold, I say that ye do not know that they are true.

Ye say that this people is a guilty and a fallen people, because of the transgression of a parent. Behold, I say that a child is not guilty because of its parents.

And ye also say that Christ shall come. But behold, I say that ye do not know that there shall be a Christ. And ye say also that he shall be slain for the sins of the world—

And thus ye lead away this people after the foolish traditions of your fathers, and according to your own desires; and ye keep them down, even as it were in bondage, that ye may glut yourselves with the labors of their hands, that they durst not look up with boldness, and that they durst not enjoy their rights and privileges.

- 28 Oo, hindi sila nagtangkang gamitin yaong kanilang sariling pag-aari na baka magdamdam ang kanilang mga saserdote, na sinisingkawan sila alinsunod sa kanilang mga naisin, at hinikayat silang maniwala, sa pamamagitan ng kanilang mga kaugalian at kanilang mga panaginip at kanilang mga layaw at kanilang mga pangitain at kanilang mga mapagkunwaring hiwaga, nang sa gayon, kung hindi nila gagawin ang naayon sa kanilang mga salita, ay magdamdam ang isang di kilalang nilikha, na sinasabi nilang Diyos—isang nilikhang kailanman ay hindi pa nakita, o nakilala, noon pa man, ni kailanman.
- 29 Ngayon, nang makita ng mataas na saserdote at ng punong hukom ang katigasan ng kanyang puso, oo, nang makita nilang manlalait siya maging laban sa Diyos, sila ay tumangging gumawa ng ano mang pagtugon sa kanyang mga salita; kundi kanilang ipinagapos siya; at kanilang ibinigay siya sa mga kamay ng mga pinuno, at ipinadala siya sa lupain ng Zarahemla, upang siya ay madala sa harapan ni Alma, at sa punong hukom na siyang gobernador ng buong lupain.
- 30 At ito ay nangyari na, nang siya ay dalhin sa harapan ni Alma at ng punong hukom, siya ay nagpatuloy sa gayon ding pamamaraan tulad ng kanyang ginawa sa lupain ng Gedeon; oo, siya ay nagpatuloy sa paglapastangan.
- 31 At siya ay nangusap sa lumalakas na pananalita sa harapan ni Alma, at nilait ang mga saserdote at guro, pinararatangan sila ng pag-aakay palayo sa mga tao alinsunod sa mga hangal na kaugalian ng kanilang mga ama, sa kasiyahan ng pagpapakasawa sa mga pinagpagalan ng mga tao.
- 32 Ngayon sinabi ni Alma sa kanya: Nalalaman mong hindi namin pinagsasawaan sa aming sarili ang mga pinagpagalan ng mga taong ito; sapagkat masdan, ako ay gumawa maging mula pa sa simula ng paghahari ng mga hukom hanggang sa ngayon, sa aking sariling mga kamay para sa aking ikabubuhay, sa kabila ng marami kong paglalakbay sa palibot ng lupain upang ipahayag ang salita ng Diyos sa aking mga tao.

Yea, they durst not make use of that which is their own lest they should offend their priests, who do yoke them according to their desires, and have brought them to believe, by their traditions and their dreams and their whims and their visions and their pretended mysteries, that they should, if they did not do according to their words, offend some unknown being, who they say is God—a being who never has been seen or known, who never was nor ever will be.

Now when the high priest and the chief judge saw the hardness of his heart, yea, when they saw that he would revile even against God, they would not make any reply to his words; but they caused that he should be bound; and they delivered him up into the hands of the officers, and sent him to the land of Zarahemla, that he might be brought before Alma, and the chief judge who was governor over all the land.

And it came to pass that when he was brought before Alma and the chief judge, he did go on in the same manner as he did in the land of Gideon; yea, he went on to blaspheme.

And he did rise up in great swelling words before Alma, and did revile against the priests and teachers, accusing them of leading away the people after the silly traditions of their fathers, for the sake of glutting on the labors of the people.

Now Alma said unto him: Thou knowest that we do not glut ourselves upon the labors of this people; for behold I have labored even from the commencement of the reign of the judges until now, with mine own hands for my support, notwithstanding my many travels round about the land to declare the word of God unto my people.

33 At sa kabila nang maraming gawaing ginawa ko sa simbahan, kailanma'y hindi ako nakatanggap kahit isang senine para sa ginawa ko; ni ang sino man sa aking mga kapatid, maliban sa may hukumang-luklukan; at sa gayon tinatanggap lamang namin ang naaalinsunod sa batas para sa aming panahon.

34 At ngayon, kung hindi kami tumatanggap ng ano mang bagay para sa aming mga ginagawa sa simbahan, ano ang aming kapakinabangan upang gumawa sa simbahan maliban sa ipahayag ang katotohanan, upang kami ay magkaroon ng kasiyahan sa kagalakan ng ating mga kapatid?

35 Samakatwid, bakit sinasabi mong nangangaral kami sa mga taong ito upang makinabang, bagaman nalalaman mo, sa iyong sarili, na hindi kami nakatatanggap ng kita? At ngayon, naniniwala ka bang nililinlang namin ang mga taong ito, na nakapagdudulot ng labis na kagalakan sa kanilang mga puso?

36 At tinugon siya ni Korihor: Oo.

37 At sa gayon sinabi ni Alma sa kanya: Naniniwala ka bang may Diyos?

38 At siya ay tumugon, Hindi.

39 Ngayon sinabi ni Alma sa kanya: Itatatwa mo bang muli na may Diyos, at itatatwa mo rin ba ang Cristo? Sapagkat masdan, sinasabi ko sa iyo, nalalaman kong may Diyos, at gayon din na si Cristo ay paparito.

40 At ngayon, anong katibayan ang mayroon ka na walang Diyos, o na si Cristo ay hindi paparito? Sinasabi ko sa iyong wala, maliban lamang sa iyong salita.

41 Subalit, masdan, taglay ko ang lahat ng bagay bilang patotoo na ang mga bagay na ito ay totoo; at taglay mo rin ang lahat ng bagay bilang patotoo sa iyo na ang mga ito ay totoo; at ipagkakaila mo ba ang mga ito? Naniniwala ka ba na ang mga bagay na ito ay totoo?

And notwithstanding the many labors which I have performed in the church, I have never received so much as even one senine for my labor; neither has any of my brethren, save it were in the judgment-seat; and then we have received only according to law for our time.

And now, if we do not receive anything for our labors in the church, what doth it profit us to labor in the church save it were to declare the truth, that we may have rejoicings in the joy of our brethren?

Then why sayest thou that we preach unto this people to get gain, when thou, of thyself, knowest that we receive no gain? And now, believest thou that we deceive this people, that causes such joy in their hearts?

And Korihor answered him, Yea.

And then Alma said unto him: Believest thou that there is a God?

And he answered, Nay.

Now Alma said unto him: Will ye deny again that there is a God, and also deny the Christ? For behold, I say unto you, I know there is a God, and also that Christ shall come.

And now what evidence have ye that there is no God, or that Christ cometh not? I say unto you that ye have none, save it be your word only.

But, behold, I have all things as a testimony that these things are true; and ye also have all things as a testimony unto you that they are true; and will ye deny them? Believest thou that these things are true?

42 Masdan, nalalaman kong naniniwala ka, subalit pinaghaharian ka ng isang mapagsinungaling na espiritu, at isinantabi mo ang Espiritu ng Diyos upang hindi ito magkaroon ng puwang sa iyo; kung kaya nga't ang diyablo ay may nangingibabaw na kapangyarihan sa iyo, at inaakay ka niya, gumagawa ng mga pamamaraan upang mawasak niya ang mga anak ng Diyos.

43 At ngayon sinabi ni Korihor kay Alma: Kung magpapakita ka sa akin ng isang palatandaan, upang ako ay mapaniwalang may Diyos, oo, patunayan mo sa akin na siya ay may taglay na kapangyarihan, at nang sa gayon ako ay maniwala sa katotohanan ng iyong mga salita.

44 Subalit sinabi ni Alma sa kanya: May sapat ka nang mga palatandaan; tutuksuhin mo ba ang iyong Diyos? Sasabihin mo ba, Magpakita ka sa akin ng palatandaan, bagaman taglay mo ang patotoo ng lahat ng ito na iyong mga kapatid, at gayon din ang lahat ng banal na propeta? Ang mga banal na kasulatan ay nakalahad sa iyong harapan, oo, at ang lahat ng bagay ay nagpapatunay na may Diyos; oo, maging ang mundo, at lahat ng bagay na nasa ibabaw nito, oo, at ang pag-inog nito, oo, at gayon din ang lahat ng planetang gumagalaw sa kanilang karaniwang ayos ay nagpapatunay na may Kataas-taasang Tagapaglikha.

45 At gayon pa man, nagpalibut-libot ka, inaakay palayo ang mga puso ng mga taong ito, nagpapatotoo sa kanila na walang Diyos? At gayon man magkakaila ka ba laban sa lahat ng katunayang ito? At sinabi niya: Oo, ipagkakaila ko, maliban sa pakitaan mo ako ng palatandaan.

46 At ngayon ito ay nangyari na, na sinabi ni Alma sa kanya: Masdan, ako ay nalulungkot dahil sa katigasan ng iyong puso, oo, dahil sa iyo pa ring tinitikis ang diwa ng katotohanan, upang ang iyong kaluluwa ay mawasak.

Behold, I know that thou believest, but thou art possessed with a lying spirit, and ye have put off the Spirit of God that it may have no place in you; but the devil has power over you, and he doth carry you about, working devices that he may destroy the children of God.

And now Korihor said unto Alma: If thou wilt show me a sign, that I may be convinced that there is a God, yea, show unto me that he hath power, and then will I be convinced of the truth of thy words.

But Alma said unto him: Thou hast had signs enough; will ye tempt your God? Will ye say, Show unto me a sign, when ye have the testimony of all these thy brethren, and also all the holy prophets? The scriptures are laid before thee, yea, and all things denote there is a God; yea, even the earth, and all things that are upon the face of it, yea, and its motion, yea, and also all the planets which move in their regular form do witness that there is a Supreme Creator.

And yet do ye go about, leading away the hearts of this people, testifying unto them there is no God? And yet will ye deny against all these witnesses? And he said: Yea, I will deny, except ye shall show me a sign.

And now it came to pass that Alma said unto him: Behold, I am grieved because of the hardness of your heart, yea, that ye will still resist the spirit of the truth, that thy soul may be destroyed.

47 Subalit masdan, higit na mabuti na ang iyong kaluluwa ay mawala kaysa sa ikaw ang maging sanhi ng pagdadala sa maraming kaluluwa tungo sa pagkawasak, sa pamamagitan ng iyong pagsisinungaling at sa pamamagitan ng iyong mahihibong salita; kaya nga, kung muli kang magkakaila, masdan, parurusahan ka ng Diyos, na magiging pipi ka, upang hindi mo na mabuksan pa kailanman ang iyong bibig, nang hindi mo na malinlang pa ang mga taong ito.

48 Ngayon sinabi ni Korihor sa kanya: Hindi ko itinatatwa ang pagkakaroon ng Diyos, kundi hindi ako naniniwalang may Diyos; sinasabi ko ring hindi mo nalalamang may Diyos; at maliban kung pakitaan mo ako ng palatandaan, ay hindi ako maniniwala.

49 Ngayon sinabi ni Alma sa kanya: Ito ang ibibigay sa iyo bilang palatandaan, na mapipipi ka, alinsunod sa aking mga salita; at sinasabi ko sa pangalan ng Diyos, magiging pipi ka, na hindi ka na makapangungusap pa.

50 Ngayon, nang sabihin ni Alma ang mga salitang ito, si Korihor ay napipi, na hindi siya makapangusap, alinsunod sa mga salita ni Alma.

51 At ngayon, nang makita ito ng punong hukom, iniunat niya ang kanyang kamay at sumulat kay Korihor, sinasabing: Naniniwala ka na ba sa kapangyarihan ng Diyos? Kung kanino ninais mong pakitaan ka ni Alma ng kanyang palatandaan? Sa akala mo ba'y pahihirapan niya ang iba, upang pakitaan ka ng isang palatandaan? Masdan, siya ay nagpakita sa iyo ng palatandaan; at ngayon, makikipagtalo ka pa ba?

52 At ngayon iniunat ni Korihor ang kanyang kamay at sumulat, sinasabing: Nalalaman kong ako ay napipi sapagkat hindi ako makapagsalita; at nalalaman kong walang bagay maliban sa kapangyarihan ng Diyos ang makagagawa nito sa akin; oo, at noon pa'y nalalaman ko nang may Diyos.

But behold, it is better that thy soul should be lost than that thou shouldst be the means of bringing many souls down to destruction, by thy lying and by thy flattering words; therefore if thou shalt deny again, behold God shall smite thee, that thou shalt become dumb, that thou shalt never open thy mouth any more, that thou shalt not deceive this people any more.

Now Korihor said unto him: I do not deny the existence of a God, but I do not believe that there is a God; and I say also, that ye do not know that there is a God; and except ye show me a sign, I will not believe.

Now Alma said unto him: This will I give unto thee for a sign, that thou shalt be struck dumb, according to my words; and I say, that in the name of God, ye shall be struck dumb, that ye shall no more have utterance.

Now when Alma had said these words, Korihor was struck dumb, that he could not have utterance, according to the words of Alma.

And now when the chief judge saw this, he put forth his hand and wrote unto Korihor, saying: Art thou convinced of the power of God? In whom did ye desire that Alma should show forth his sign? Would ye that he should afflict others, to show unto thee a sign? Behold, he has showed unto you a sign; and now will ye dispute more?

And Korihor put forth his hand and wrote, saying: I know that I am dumb, for I cannot speak; and I know that nothing save it were the power of God could bring this upon me; yea, and I always knew that there was a God.

53 Subalit masdan, ako ay nalinlang ng diyablo; sapagkat siya ay nagpakita sa akin sa kaanyuan ng isang anghel, at sinabi sa akin: Humayo at bawiin ang mga taong ito, sapagkat nangaligaw silang lahat sa pagsunod sa isang di kilalang Diyos. At sinabi niya sa akin: Walang Diyos; oo, at tinuruan niya ako ng nararapat kong sabihin. At itinuro ko ang kanyang mga salita; at itinuro ko ang mga ito dahil sa kasiya-siya ang mga ito sa makamundong isipan; at itinuro ko ang mga ito, maging hanggang sa makamtan ko ang malaking tagumpay, hanggang sa ako ay katotohanang naniwala na ang mga ito ay totoo; at dahil dito kinalaban ko ang katotohanan, maging hanggang sa ipataw ko ang malaking sumpang ito sa akin.

54 Ngayon, nang sabihin niya ito, siya ay nagsumamo na si Alma ay manalangin sa Diyos, upang maalis ang sumpa mula sa kanya.

55 Subalit sinabi ni Alma sa kanya: Kung ang sumpang ito ay aalisin mula sa iyo ay muli mong aakayin palayo ang mga puso ng mga taong ito; kaya nga, mangyayari sa iyo ang naaayon sa kalooban ng Panginoon.

56 At ito ay nangyari na, na ang sumpa ay hindi naalis kay Korihor; kundi siya ay itinaboy, at nagpalibut-libot sa bahay-bahay na nanlilimos para sa kanyang pagkain.

57 Ngayon, ang kaalaman ng nangyari kay Korihor ay kaagad ipinahayag sa lahat ng dako ng buong lupain; oo, ang pahayag ay ipinadala ng punong hukom sa lahat ng tao sa lupain, ipinahahayag sa mga yaong naniwala sa mga salita ni Korihor na kailangang kaagad silang magsisi, na baka ang gayon ding kahatulan ay sapitin nila.

58 At ito ay nangyari na, na silang lahat ay napaniwala sa kasamaan ni Korihor; kung kaya't silang lahat ay muling nagbalik-loob sa Panginoon; at winakasan nito ang kasamaan alinsunod sa pamamaraan ni Korihor. At si Korihor ay nagpalibut-libot sa bahay-bahay, nagpapalimos ng pagkain para sa kanyang ikabubuhay.

But behold, the devil hath deceived me; for he appeared unto me in the form of an angel, and said unto me: Go and reclaim this people, for they have all gone astray after an unknown God. And he said unto me: There is no God; yea, and he taught me that which I should say. And I have taught his words; and I taught them because they were pleasing unto the carnal mind; and I taught them, even until I had much success, insomuch that I verily believed that they were true; and for this cause I withstood the truth, even until I have brought this great curse upon me.

Now when he had said this, he besought that Alma should pray unto God, that the curse might be taken from him.

But Alma said unto him: If this curse should be taken from thee thou wouldst again lead away the hearts of this people; therefore, it shall be unto thee even as the Lord will.

And it came to pass that the curse was not taken off of Korihor; but he was cast out, and went about from house to house begging for his food.

Now the knowledge of what had happened unto Korihor was immediately published throughout all the land; yea, the proclamation was sent forth by the chief judge to all the people in the land, declaring unto those who had believed in the words of Korihor that they must speedily repent, lest the same judgments would come unto them.

And it came to pass that they were all convinced of the wickedness of Korihor; therefore they were all converted again unto the Lord; and this put an end to the iniquity after the manner of Korihor. And Korihor did go about from house to house, begging food for his support.



59 At ito ay nangyari na, habang siya ay humahalubilo sa mga tao, oo, sa mga taong inihiwalay ang kanilang sarili mula sa mga Nephita at tinawag ang kanilang sariling mga Zoramita, na pinamumunuan ng isang lalaking nanggangalang Zoram—at habang humahalubilo siya sa kanila, masdan, sinagasaan siya at niyapak-yapakan, maging hanggang sa mamatay siya.

60 At sa gayon nakikita natin ang katapusan niya na nagliligaw ng mga landas ng Panginoon; at sa gayon nakikita nating hindi itataguyod ng diyablo ang kanyang mga anak sa huling araw, kundi kaagad silang hihilahing pababa sa impiyerno.

And it came to pass that as he went forth among the people, yea, among a people who had separated themselves from the Nephites and called themselves Zoramites, being led by a man whose name was Zoram—and as he went forth amongst them, behold, he was run upon and trodden down, even until he was dead.

And thus we see the end of him who perverteth the ways of the Lord; and thus we see that the devil will not support his children at the last day, but doth speedily drag them down to hell.

## Alma 31

- 1 Ngayon ito ay nangyari na, na matapos ang kamatayan ni Korihor, si Alma, matapos makatanggap ng balitang inililigaw ng mga Zoramita ang mga landas ng Panginoon, at na si Zoram, na kanilang pinuno, ay inaakay ang mga puso ng mga tao na yumukod sa mga umid na diyus-diyusan, ang kanyang puso ay nagsimulang muling malungkot dahil sa kasamaan ng mga tao.
- 2 Sapagkat ito ang dahilan ng labis na kalungkutan ni Alma na malamang may kasamaan sa kanyang mga tao; anupa't ang kanyang puso ay labis na nalungkot dahil sa paghiwalay ng mga Zoramita mula sa mga Nephita.
- 3 Ngayon sama-samang tinipon ng mga Zoramita ang kanilang sarili sa lupaing tinawag nilang Antionum, na nasa silangan ng lupain ng Zarahemla, na nasa dako halos sa may hangganan sa may dalampasigan, na nasa timog ng lupain ng Jerson, na nahahangganan din ng timog ilang, kung aling ilang ay puno ng mga Lamanita.
- 4 Ngayon, ang mga Nephita ay nangamba nang labis na baka ang mga Zoramita ay pumasok sa isang pakikipag-ugnayan sa mga Lamanita, at na ito ang maging dahilan ng malaking kawalan sa panig ng mga Nephita.
- 5 At ngayon, sapagkat ang pangangaral ng salita ay may lakas na umakay sa mga tao na gawin yaong matwid—oo, may higit itong malakas na bisa sa isipan ng mga tao kaysa sa espada, o ano pa mang bagay, na nangyari na sa kanila—anupa't naisip ni Alma na kapaki-pakinabang na subukan nila ang bisa ng salita ng Diyos.
- 6 Kaya nga kanyang isinama si Ammon, at Aaron, at Omner; at si Himni ay iniwanan niya sa simbahan sa Zarahemla; subalit ang naunang tatlo ay isinama niya, at gayon din sina Amulek at Zisrom, na nasa Melek; at isinama rin niya ang dalawa sa kanyang mga anak na lalaki.
- 7 Ngayon, ang pinakamatanda sa kanyang mga anak ay hindi niya isinama, at ang pangalan niya ay Helaman; subalit ang mga pangalan ng yaong mga isinama niya ay Siblon at Corianton; at ito ang mga pangalan ng yaong mga sumama sa kanya sa mga Zoramita, upang ipangaral sa kanila ang salita.

## Alma 31

Now it came to pass that after the end of Korihor, Alma having received tidings that the Zoramites were perverting the ways of the Lord, and that Zoram, who was their leader, was leading the hearts of the people to bow down to dumb idols, his heart again began to sicken because of the iniquity of the people.

For it was the cause of great sorrow to Alma to know of iniquity among his people; therefore his heart was exceedingly sorrowful because of the separation of the Zoramites from the Nephites.

Now the Zoramites had gathered themselves together in a land which they called Antionum, which was east of the land of Zarahemla, which lay nearly bordering upon the seashore, which was south of the land of Jershon, which also bordered upon the wilderness south, which wilderness was full of the Lamanites.

Now the Nephites greatly feared that the Zoramites would enter into a correspondence with the Lamanites, and that it would be the means of great loss on the part of the Nephites.

And now, as the preaching of the word had a great tendency to lead the people to do that which was just—yea, it had had more powerful effect upon the minds of the people than the sword, or anything else, which had happened unto them—therefore Alma thought it was expedient that they should try the virtue of the word of God.

Therefore he took Ammon, and Aaron, and Omner; and Himni he did leave in the church in Zarahemla; but the former three he took with him, and also Amulek and Zeezrom, who were at Melek; and he also took two of his sons.

Now the eldest of his sons he took not with him, and his name was Helaman; but the names of those whom he took with him were Shiblön and Corianton; and these are the names of those who went with him among the Zoramites, to preach unto them the word.

- 8 Ngayon, ang mga Zoramita ay mga tumiwalag mula sa mga Nephita; anupa't sa kanila ay naipangaral na ang salita ng Diyos.
- 9 Subalit sila ay nahulog sa malalaking kamalian, sapagkat hindi nila ginawang sundin ang mga kautusan ng Diyos, at ang kanyang mga batas, alinsunod sa mga batas ni Moises.
- 10 Ni ang gawin nila ang mga gawain ng simbahan, na magpatuloy sa panalangin at pagsusumamo sa Diyos sa araw-araw, upang hindi sila mapadala sa tukso.
- 11 Oo, sa madaling salita, iniligaw nila ang mga landas ng Panginoon sa napakaraming pagkakataon; kaya nga, dahil dito, si Alma at ang kanyang mga kapatid ay nagtungo sa lupain upang ipangaral ang salita sa kanila.
- 12 Ngayon, nang sila ay makarating sa lupain, masdan, sa kanilang panggigilalas nalaman nilang ang mga Zoramita ay nagtayo ng mga sinagoga, at na sama-samang tinitipon nila ang kanilang sarili isang araw sa isang linggo, kung aling araw na iyon ay tinatawag nilang araw ng Panginoon; at sila ay sumasamba alinsunod sa pamamaraang kailanma'y hindi pa namasdan ni Alma at ng kanyang mga kapatid;
- 13 Sapagkat may lugar silang itinayo sa gitna ng kanilang sinagoga, isang lugar na tindigan, na mataas sa ulo; at sa tuktok niyon ay isang tao lamang ang makapapasok.
- 14 Samakatwid, sino man ang magnais na sumamba ay kailangang magtungo at tumindig sa tuktok niyon, at iunat ang kanyang mga kamay sa langit, at magsumamo sa malakas na tinig, sinasabing:
- 15 Banal, banal na Diyos; naniniwala kaming kayo ay Diyos, at naniniwala kaming kayo ay banal, at na kayo ay espiritu, at mananatiling espiritu magpakailanman.
- 16 Banal na Diyos, naniniwala kaming inihiwalay ninyo kami sa aming mga kapatid; at hindi kami naniniwala sa kaugalian ng aming mga kapatid, na ipinasa-pasa sa kanila sa pagiging isip-bata ng kanilang mga ama; kundi naniniwala kaming hinirang ninyo kami upang inyong maging mga banal na anak; at inyo ring ipinaalam sa amin na hindi magkakaroon ng Cristo.

Now the Zoramites were dissenters from the Nephites; therefore they had had the word of God preached unto them.

But they had fallen into great errors, for they would not observe to keep the commandments of God, and his statutes, according to the law of Moses.

Neither would they observe the performances of the church, to continue in prayer and supplication to God daily, that they might not enter into temptation.

Yea, in fine, they did pervert the ways of the Lord in very many instances; therefore, for this cause, Alma and his brethren went into the land to preach the word unto them.

Now, when they had come into the land, behold, to their astonishment they found that the Zoramites had built synagogues, and that they did gather themselves together on one day of the week, which day they did call the day of the Lord; and they did worship after a manner which Alma and his brethren had never beheld;

For they had a place built up in the center of their synagogue, a place for standing, which was high above the head; and the top thereof would only admit one person.

Therefore, whosoever desired to worship must go forth and stand upon the top thereof, and stretch forth his hands towards heaven, and cry with a loud voice, saying:

Holy, holy God; we believe that thou art God, and we believe that thou art holy, and that thou wast a spirit, and that thou art a spirit, and that thou wilt be a spirit forever.

Holy God, we believe that thou hast separated us from our brethren; and we do not believe in the tradition of our brethren, which was handed down to them by the childishness of their fathers; but we believe that thou hast elected us to be thy holy children; and also thou hast made it known unto us that there shall be no Christ.

- 17 Kundi kayo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman; at hinirang ninyo kami upang kami'y maligtas, niloob na lahat ng yaong nasa aming paligid ay hinirang na iwaksi ng inyong kapootan pababa sa impiyerno; kung aling kabanalan, O Diyos, ay nagpapasalamat kami sa inyo; at nagpapasalamat din kami sa inyo na hinirang ninyo kami, upang hindi kami maakay palayo alinsunod sa mga hangal na kaugalian ng aming mga kapatid, na gumagapos sa kanila sa isang paniniwala kay Cristo, na umaakay sa kanilang mga puso upang lumihis palayo mula sa inyo, aming Diyos.
- 18 At muli nagpapasalamat kami sa inyo, O Diyos, na kami ay mga pinili at banal na tao. Amen.
- 19 Ngayon ito ay nangyari na, na matapos marinig ni Alma at ng kanyang mga kapatid at ng kanyang mga anak ang mga panalanging ito, sila ay nanggilalas nang hindi masusukat.
- 20 Sapagkat masdan, humayo ang bawat tao at naghandog ng gayon ding mga panalangin.
- 21 Ngayon, ang lugar ay tinawag nilang Ramiumptom, na, ang ibig ipakahulugan, ay banal na tindigan.
- 22 Ngayon, mula sa tindigang ito sila ay naghahandog, bawat tao, ng gayon ding panalangin sa Diyos, pinasasalamat ang kanilang Diyos na kanyang mga pinili sila, at na hindi niya inakay sila palayo alinsunod sa kaugalian ng kanilang mga kapatid, at na hindi nahikayat ang kanilang mga puso na maniwala sa mga bagay na darating, kung saan sila'y walang ano mang nalalaman.
- 23 Ngayon, matapos na ang lahat ng tao ay makapaghandog ng pasasalamat alinsunod sa pamamaraang ito, sila ay nagsibalik sa kanilang mga tahanan, hindi na muling nangungusap pa hinggil sa kanilang Diyos hanggang sa muli nilang sama-samang tipunin ang sarili sa banal na tindigan, upang maghandog ng pasasalamat alinsunod sa kanilang pamamaraan.
- 24 Ngayon, nang makita ito ni Alma, ang kanyang puso ay nalungkot; sapagkat kanyang nakita na sila ay masasama at mga naliligaw na tao; oo, nakita niya na ang kanilang mga puso ay nakalagak sa ginto, at sa pilak, at sa lahat ng uri ng maiinam na bagay.

But thou art the same yesterday, today, and forever; and thou hast elected us that we shall be saved, whilst all around us are elected to be cast by thy wrath down to hell; for the which holiness, O God, we thank thee; and we also thank thee that thou hast elected us, that we may not be led away after the foolish traditions of our brethren, which doth bind them down to a belief of Christ, which doth lead their hearts to wander far from thee, our God.

And again we thank thee, O God, that we are a chosen and a holy people. Amen.

Now it came to pass that after Alma and his brethren and his sons had heard these prayers, they were astonished beyond all measure.

For behold, every man did go forth and offer up these same prayers.

Now the place was called by them Rameumptom, which, being interpreted, is the holy stand.

Now, from this stand they did offer up, every man, the selfsame prayer unto God, thanking their God that they were chosen of him, and that he did not lead them away after the tradition of their brethren, and that their hearts were not stolen away to believe in things to come, which they knew nothing about.

Now, after the people had all offered up thanks after this manner, they returned to their homes, never speaking of their God again until they had assembled themselves together again to the holy stand, to offer up thanks after their manner.

Now when Alma saw this his heart was grieved; for he saw that they were a wicked and a perverse people; yea, he saw that their hearts were set upon gold, and upon silver, and upon all manner of fine goods.

- 25 Oo, kanyang nakita rin na ang kanilang mga puso ay iniangat hanggang sa labis na pagmamalaki, sa kanilang kapalaluan.
- 26 At itinaas niya ang kanyang tinig sa langit, at nagsumamo, sinasabing: O, gaano katagal, O Panginoon, na pahihintulutan ninyo ang inyong mga tagapaglingkod na mamalagi rito sa ibaba sa laman, upang mamasdan ang ganitong napakalaking kasamaan sa mga anak ng tao?
- 27 Masdan, O Diyos, sila ay nagsusumamo sa inyo, at gayon man ang kanilang mga puso ay nalulon sa kanilang kapalaluan. Masdan, O Diyos, sila ay nagsusumamo sa inyo sa pamamagitan ng kanilang mga bibig, samantalang sila ay nagmamataas, maging sa kasukdulan, sa mga bagay na walang kabuluhan ng daigdig.
- 28 Masdan, O aking Diyos, ang kanilang mamahaling kasuotan, at kanilang mga singsing, at kanilang mga galang, at kanilang mga palamuting ginto, at lahat ng kanilang mahalagang bagay, na sa kanila ay pumapalamuti; at masdan, ang kanilang mga puso ay nakalagak sa mga ito, at gayon man nagsusumamo sila sa inyo sinasabing—Kami ay nagpapasalamat sa inyo, O Diyos, sapagkat kami ay mga piniling tao ninyo, samantalang ang iba ay masasawi.
- 29 Oo, at sinasabing ipinaalam ninyo sa kanila na hindi magkakaroon ng Cristo.
- 30 O Panginoong Diyos, gaano katagal ninyong pahihintulutang magkaroon ng ganitong kasamaan at kawalan ng paniniwala sa mga taong ito? O Panginoon, nawa’y pagkalooban ninyo ako ng lakas, upang makayanan ko ang aking mga kahinaan. Sapagkat ako ay mahina, at ang gayong kasamaan sa mga taong ito ay sumusugat sa aking kaluluwa.
- 31 O Panginoon, ang aking puso ay labis na nalulungkot, nawa’y aliwin ninyo ang aking kaluluwa kay Cristo. O Panginoon, nawa’y ipahintulot ninyong ako ay magkaroon ng lakas, upang mabata ko nang may pagtitiis ang mga paghihirap na ito na kasasapitan ko, dahil sa kasamaan ng mga taong ito.

Yea, and he also saw that their hearts were lifted up unto great boasting, in their pride.

And he lifted up his voice to heaven, and cried, saying: O, how long, O Lord, wilt thou suffer that thy servants shall dwell here below in the flesh, to behold such gross wickedness among the children of men?

Behold, O God, they cry unto thee, and yet their hearts are swallowed up in their pride. Behold, O God, they cry unto thee with their mouths, while they are puffed up, even to greatness, with the vain things of the world.

Behold, O my God, their costly apparel, and their ringlets, and their bracelets, and their ornaments of gold, and all their precious things which they are ornamented with; and behold, their hearts are set upon them, and yet they cry unto thee and say—We thank thee, O God, for we are a chosen people unto thee, while others shall perish.

Yea, and they say that thou hast made it known unto them that there shall be no Christ.

O Lord God, how long wilt thou suffer that such wickedness and infidelity shall be among this people? O Lord, wilt thou give me strength, that I may bear with mine infirmities. For I am infirm, and such wickedness among this people doth pain my soul.

O Lord, my heart is exceedingly sorrowful; wilt thou comfort my soul in Christ. O Lord, wilt thou grant unto me that I may have strength, that I may suffer with patience these afflictions which shall come upon me, because of the iniquity of this people.

- 32 O Panginoon, nawa'y aliwin ninyo ang aking kaluluwa, at ibigay sa akin ang tagumpay, at gayon din sa mga kapwa ko manggagawa na mga kasama ko—oo, sina Ammon, at Aaron, at Omner, at gayon din sina Amulek at Zisrom, at gayon din ang dalawa kong anak na lalaki—oo, nawa'y aliwin ninyo maging lahat sila, O Panginoon. Oo, nawa'y aliwin ninyo ang kanilang mga kaluluwa kay Cristo.
- 33 Nawa'y ipagkaloob ninyo sa kanila na sila ay magkaroon ng lakas upang mabata nila ang kanilang mga paghihirap na kasasapitan nila dahil sa mga kasamaan ng mga taong ito.
- 34 O Panginoon, nawa'y ipagkaloob ninyo sa amin na ang tagumpay ay matamo namin sa muling pagdadala sa kanila sa inyo sa pamamagitan ni Cristo.
- 35 Masdan, O Panginoon, ang kanilang mga kaluluwa ay mahahalaga, at marami sa kanila ay aming mga kapatid; kaya nga, ipagkaloob ninyo sa amin, O Panginoon, ang kapangyarihan at karunungan, upang madala naming muli sila, na aming mga kapatid, sa inyo.
- 36 Ngayon ito ay nangyari na, nang sabihin ni Alma ang mga salitang ito, na ipinatong niya ang kanyang mga kamay sa kanilang lahat na kasama niya. At masdan, nang ipatong niya ang kanyang mga kamay sa kanila, sila ay napuspos ng Banal na Espiritu.
- 37 At matapos yaon ay naghiwa-hiwalay ang bawat isa sa kanila, hindi nag-aalaala para sa kanilang sarili kung ano ang kanilang kakainin, o kung ano ang kanilang iinumunin, o kung ano ang kanilang isusuot.
- 38 At ang Panginoon ang naglaan para sa kanila upang hindi sila magutom, ni ang sila ay mauhaw; oo, at kanya ring binigyan sila ng lakas, upang hindi sila magdanas ng ano mang uri ng paghihirap, maliban sa malulun sa kagalakan dahil kay Cristo. Ngayon, ito ay naaalinsunod sa panalangin ni Alma; at ito ay dahil sa nanalangin siya nang may pananampalataya.

O Lord, wilt thou comfort my soul, and give unto me success, and also my fellow laborers who are with me—yea, Ammon, and Aaron, and Omner, and also Amulek and Zeezrom, and also my two sons—yea, even all these wilt thou comfort, O Lord. Yea, wilt thou comfort their souls in Christ.

Wilt thou grant unto them that they may have strength, that they may bear their afflictions which shall come upon them because of the iniquities of this people.

O Lord, wilt thou grant unto us that we may have success in bringing them again unto thee in Christ.

Behold, O Lord, their souls are precious, and many of them are our brethren; therefore, give unto us, O Lord, power and wisdom that we may bring these, our brethren, again unto thee.

Now it came to pass that when Alma had said these words, that he clapped his hands upon all them who were with him. And behold, as he clapped his hands upon them, they were filled with the Holy Spirit.

And after that they did separate themselves one from another, taking no thought for themselves what they should eat, or what they should drink, or what they should put on.

And the Lord provided for them that they should hunger not, neither should they thirst; yea, and he also gave them strength, that they should suffer no manner of afflictions, save it were swallowed up in the joy of Christ. Now this was according to the prayer of Alma; and this because he prayed in faith.

## Alma 32

- 1 At ito ay nangyari na, na sila ay humayo, at nagsimulang ipangaral ang salita ng Diyos sa mga tao, pumapasok sa kanilang mga sinagoga, at sa kanilang mga tahanan; oo, at maging sa kanilang mga lansangan ay ipinangangaral nila ang salita.
- 2 At ito ay nangyari na, na matapos ang maraming pagpapagal sa kanila, sila ay nagsimulang magkaroon ng tagumpay sa mga maralitang antas ng mga tao, sapagkat masdan, sila ay itinaboy palabas ng sinagoga dahil sa kagaspangan ng kanilang mga kasuotan—
- 3 Anupa't sila ay hindi pinahintulutang pumasok sa kanilang mga sinagoga upang sumamba sa Diyos, sapagkat itinuturing na karumihan; dahil sa sila ay mga maralita; oo, sila ay itinuturing ng kanilang mga kapatid na kagaya ng taing bakal; dahil sa sila ay kapos sa mga bagay ng daigdig; at gayundin sila ay may mababang-loob.
- 4 Ngayon, habang si Alma ay nagtuturo at nagsasalita sa mga tao sa burol ng Onidas, doon ay nagsilapit sa kanya ang napakaraming tao, sila na aming sinasabi na may mga mababang-loob, dahil sa kanilang kakapusan sa mga bagay ng daigdig.
- 5 At sila ay lumapit kay Alma; at ang isa na nangunguna sa kanila ang nagsabi sa kanya: Masdan, ano ang gagawin ng mga kapatid kong ito, sapagkat sila ay hinahamak ng lahat ng tao dahil sa kanilang kahirapan, oo, at lalong higit ng aming mga saserdote; sapagkat kami ay itinaboy palabas ng aming mga sinagoga na aming pinagpagalan nang labis upang itayo ng aming sariling mga kamay; at kami ay itinaboy nila palabas dahil sa aming labis na kahirapan; at kami ay walang lugar na sumamba sa aming Diyos; at masdan, ano ang aming gagawin?
- 6 At ngayon, nang marinig ito ni Alma, kanya siyang binalingan, na ang kanyang mukha ay malapit sa kanya, at pinagmasdan siya nang may malaking kagalakan; sapagkat kanyang namasdan na ang kanilang mga paghihirap ay tunay na nakapagpakumbaba sa kanila, at na sila ay handa nang pakinggan ang salita.

## Alma 32

And it came to pass that they did go forth, and began to preach the word of God unto the people, entering into their synagogues, and into their houses; yea, and even they did preach the word in their streets.

And it came to pass that after much labor among them, they began to have success among the poor class of people; for behold, they were cast out of the synagogues because of the coarseness of their apparel—

Therefore they were not permitted to enter into their synagogues to worship God, being esteemed as filthiness; therefore they were poor; yea, they were esteemed by their brethren as dross; therefore they were poor as to things of the world; and also they were poor in heart.

Now, as Alma was teaching and speaking unto the people upon the hill Onidah, there came a great multitude unto him, who were those of whom we have been speaking, of whom were poor in heart, because of their poverty as to the things of the world.

And they came unto Alma; and the one who was the foremost among them said unto him: Behold, what shall these my brethren do, for they are despised of all men because of their poverty, yea, and more especially by our priests; for they have cast us out of our synagogues which we have labored abundantly to build with our own hands; and they have cast us out because of our exceeding poverty; and we have no place to worship our God; and behold, what shall we do?

And now when Alma heard this, he turned him about, his face immediately towards him, and he beheld with great joy; for he beheld that their afflictions had truly humbled them, and that they were in a preparation to hear the word.

- 7 Kaya nga, hindi na siya nagsalita pa sa iba pang mga tao; kundi iniunat niya ang kanyang kamay, at sumigaw roon sa kanyang mga namasdan, na mga tunay na nagsisisi, at sinabi sa kanila:
- 8 Aking namamasdan na kayo ay mapagpakumbaba sa puso; at kung magkagayon kayo ay pinagpala.
- 9 Masdan, ang inyong kapatid ay nagsabi, Ano ang aming gagawin?—sapagkat kami ay itinaboy palabas ng aming mga sinagoga, kaya nga hindi namin masamba ang aming Diyos.
- 10 Masdan sinasabi ko sa inyo, inakala ba ninyong hindi kayo makasasamba sa Diyos maliban kung ito ay sa inyong mga sinagoga lamang?
- 11 At bukod dito, itinatanong ko, inakala ba ninyong hindi kayo makasasamba sa Diyos kundi minsan lamang sa isang linggo?
- 12 Sinasabi ko sa inyo, mabuti na kayo ay itinaboy palabas ng inyong mga sinagoga upang kayo ay maging mapagpakumbaba, at nang kayo ay matuto ng karunungan; sapagkat kailangang kayo ay matuto ng karunungan; sapagkat dahil sa kayo ay itinaboy palabas, na kayo ay hinamak ng inyong mga kapatid dahil sa inyong labis na kahirapan, kaya kayo ay naakay sa kababaan ng puso; sapagkat kayo ay kinakailangang akayin na maging mapagpakumbaba.
- 13 At ngayon, dahil sa kayo ay napilitang magpakumbaba, kayo ay pinagpala; sapagkat ang isang tao kung minsan, kung siya ay napilitang magpakumbaba, ay naghahangad na magsisi; at ngayon, tiyak na ang sinumang magsisisi ay makasusumpung ng awa, at siya na nakasumpung ng awa at makapagtitiis hanggang katapusan, siya rin ay maliligtas.
- 14 At ngayon, tulad ng sinabi ko sa inyo, na dahil sa kayo ay napilitang magpakumbaba kayo ay pinagpala, hindi ba ninyo inakala na higit na pinagpala sila na tunay na nagpakumbaba ng kanilang sarili dahil sa salita?
- 15 Oo, siya na tunay na nagpapakumbaba ng kanyang sarili, at nagsisisi ng kanyang mga kasalanan, at makapagtitiis hanggang sa katapusan, siya rin ay pagpapalain—oo, lalong higit na pagpapalain kaysa sa kanila na napilitang magpakumbaba dahil sa kanilang labis na kahirapan.

Therefore he did say no more to the other multitude; but he stretched forth his hand, and cried unto those whom he beheld, who were truly penitent, and said unto them:

I behold that ye are lowly in heart; and if so, blessed are ye.

Behold thy brother hath said, What shall we do?—for we are cast out of our synagogues, that we cannot worship our God.

Behold I say unto you, do ye suppose that ye cannot worship God save it be in your synagogues only?

And moreover, I would ask, do ye suppose that ye must not worship God only once in a week?

I say unto you, it is well that ye are cast out of your synagogues, that ye may be humble, and that ye may learn wisdom; for it is necessary that ye should learn wisdom; for it is because that ye are cast out, that ye are despised of your brethren because of your exceeding poverty, that ye are brought to a lowliness of heart; for ye are necessarily brought to be humble.

And now, because ye are compelled to be humble blessed are ye; for a man sometimes, if he is compelled to be humble, seeketh repentance; and now surely, whosoever repenteth shall find mercy; and he that findeth mercy and endureth to the end the same shall be saved.

And now, as I said unto you, that because ye were compelled to be humble ye were blessed, do ye not suppose that they are more blessed who truly humble themselves because of the word?

Yea, he that truly humbleth himself, and repenteth of his sins, and endureth to the end, the same shall be blessed—yea, much more blessed than they who are compelled to be humble because of their exceeding poverty.



- 16 Kaya nga, pinagpala sila na nagpapakumbaba ng kanilang sarili na hindi kailangang piling magpakumbaba; o kaya sa ibang salita, pinagpala siya na naniniwala sa salita ng Diyos, at nabinyagan nang walang katigasan ng puso, oo, na hindi na kinailangan pang malaman ang salita, o kaya'y pinilit na malaman bago sila maniwala.
- 17 Oo, marami ang nagsasabi: Kung ikaw ay magpapakita sa amin ng isang palatandaan mula sa langit, sa gayon, malalaman namin nang may katiyakan, at pagkatapos kami ay maniniwala.
- 18 Ngayon, itinatanong ko, ito ba ay pananampalataya? Masdan, sinasabi ko sa inyo, Hindi, sapagkat kung nalalaman ng isang tao ang isang bagay, siya ay walang dahilan upang maniwala, sapagkat alam na niya ito.
- 19 At ngayon, gaano kahigit na susumpain siya na nakaaalam ng kalooban ng Diyos at hindi ito ginagawa, kaysa sa kanya na naniniwala lamang, o mayroon lamang dahilan upang maniwala at mahulog sa pagkakasala?
- 20 Ngayon, sa bagay na ito, kayo ang kailangang humatol. Masdan, sinasabi ko sa inyo, na ito ay sa isang dako katulad din sa kabilang dako; at ito ay mangyayari sa bawat tao alinsunod sa kanyang gawa.
- 21 At ngayon, tulad ng sinabi ko hinggil sa pananampalataya—ang pananampalataya ay hindi ang pagkakaroon ng ganap na kaalaman sa mga bagay; kaya nga, kung ikaw ay may pananampalataya, umaasa ka sa mga bagay na hindi nakikita, ngunit totoo.
- 22 At ngayon, masdan, sinasabi ko sa inyo, at nais kong inyong tandaan, na ang Diyos ay maawain sa lahat ng naniniwala sa kanyang pangalan; anupa't ninanais niya, sa unang dako, na kayo ay maniwala, oo, maging sa kanyang salita.
- 23 At ngayon, ibinabahagi niya ang kanyang mga salita sa mga tao sa pamamagitan ng kanyang mga anghel, oo, hindi lamang sa kalalakihan, kundi pati rin sa kababaihan. Ngayon, hindi lamang ito; sa maliliit na bata ay mayroon ding mga salitang ibinigay sa kanila nang maraming ulit, na lumilito sa marunong at matalino.

Therefore, blessed are they who humble themselves without being compelled to be humble; or rather, in other words, blessed is he that believeth in the word of God, and is baptized without stubbornness of heart, yea, without being brought to know the word, or even compelled to know, before they will believe.

Yea, there are many who do say: If thou wilt show unto us a sign from heaven, then we shall know of a surety; then we shall believe.

Now I ask, is this faith? Behold, I say unto you, Nay; for if a man knoweth a thing he hath no cause to believe, for he knoweth it.

And now, how much more cursed is he that knoweth the will of God and doeth it not, than he that only believeth, or only hath cause to believe, and falleth into transgression?

Now of this thing ye must judge. Behold, I say unto you, that it is on the one hand even as it is on the other; and it shall be unto every man according to his work.

And now as I said concerning faith—faith is not to have a perfect knowledge of things; therefore if ye have faith ye hope for things which are not seen, which are true.

And now, behold, I say unto you, and I would that ye should remember, that God is merciful unto all who believe on his name; therefore he desireth, in the first place, that ye should believe, yea, even on his word.

And now, he imparteth his word by angels unto men, yea, not only men but women also. Now this is not all; little children do have words given unto them many times, which confound the wise and the learned.

24 At ngayon, mga minamahal kong kapatid, katulad ng hinihiling ninyo na malaman sa akin kung ano ang inyong gagawin sapagkat kayo ay pinahirapan at itinaboy—ngayon, hindi ko nais na inyong akalain na ibig kong hatulan kayo tanging alinsunod lamang doon sa totoo—

25 Sapagkat hindi ko ibig sabihin na kayong lahat ay napilitang magpakumbaba ng inyong sarili; sapagkat ako ay tunay na naniniwala na may ilan sa inyo na kusang nagpapakumbaba sa inyong sarili, hayaan sila kung anuman ang katayuan nila.

26 Ngayon, kagaya ng sinabi ko hinggil sa pananampalataya—na ito ay hindi isang ganap na kaalaman—maging ganoon din ang aking mga salita. Hindi ninyo malalaman ang kanilang katiyakan sa una, hanggang sa kaganapan, anuman ang higit pa sa pananampalataya ay isang ganap na kaalaman.

27 Subalit masdan, kung kayo ay gigising at pupukawin ang inyong kaisipan, maging sa isang pagsubok sa aking mga salita, at gagamit ng kahit bahagyang pananampalataya, oo, kahit na wala kayong higit na nais kundi ang maniwala, hayaan na ang pagnanais na ito ay umiral sa inyo, maging hanggang sa kayo ay maniwala sa isang pamamaraan na kayo ay magbibigay-puwang para sa isang bahagi ng aking mga salita.

28 Ngayon, ating ihahalintulad ang salita sa isang binhi. Ngayon, kung kayo ay magbibigay-puwang, na ang binhi ay maitanim sa inyong mga puso, masdan, kung iyon ay isang tunay na binhi, o isang mabuting binhi, kung hindi ninyo ito itatapon dahil sa inyong kawalang-paniniwala, na inyong sasalungatin ang Espiritu ng Panginoon, masdan, ito ay magsisimulang lumaki sa loob ng inyong mga dibdib; at kapag nadama ninyo ang ganitong paglaki, kayo ay magsisimulang magsabi sa inyong sarili—Talagang ito ay mabuting binhi, o na ang salita ay mabuti, sapagkat sinisimulan nitong palakihin ang aking kaluluwa; oo, sinisimulan nitong liwanagin ang aking pang-unawa, oo, ito ay nagsisimulang maging masarap para sa akin.

29 Ngayon masdan, ito ba ay hindi makadaragdag sa inyong pananampalataya? Sinasabi ko sa inyo, Oo; gayunman ito ay hindi pa lumalaki sa isang ganap na kaalaman.

And now, my beloved brethren, as ye have desired to know of me what ye shall do because ye are afflicted and cast out—now I do not desire that ye should suppose that I mean to judge you only according to that which is true—

For I do not mean that ye all of you have been compelled to humble yourselves; for I verily believe that there are some among you who would humble themselves, let them be in whatsoever circumstances they might.

Now, as I said concerning faith—that it was not a perfect knowledge—even so it is with my words. Ye cannot know of their surety at first, unto perfection, any more than faith is a perfect knowledge.

But behold, if ye will awake and arouse your faculties, even to an experiment upon my words, and exercise a particle of faith, yea, even if ye can no more than desire to believe, let this desire work in you, even until ye believe in a manner that ye can give place for a portion of my words.

Now, we will compare the word unto a seed. Now, if ye give place, that a seed may be planted in your heart, behold, if it be a true seed, or a good seed, if ye do not cast it out by your unbelief, that ye will resist the Spirit of the Lord, behold, it will begin to swell within your breasts; and when you feel these swelling motions, ye will begin to say within yourselves—It must needs be that this is a good seed, or that the word is good, for it beginneth to enlarge my soul; yea, it beginneth to enlighten my understanding, yea, it beginneth to be delicious to me.

Now behold, would not this increase your faith? I say unto you, Yea; nevertheless it hath not grown up to a perfect knowledge.

30 Ngunit masdan, habang ang binhi ay lumalaki at sumisibol, at nagsisimulang tumubo, kung magkagayon ay talagang sasabihin ninyo na ang binhi ay mabuti; sapagkat masdan, ito ay lumalaki at sumisibol, at nagsisimulang tumubo. At ngayon, masdan, ito ba ay hindi makapagpapalakas sa inyong pananampalataya? Oo, ito ay makapagpapalakas sa inyong pananampalataya sapagkat inyong sasabihin na alam kong ito ay isang mabuting binhi; sapagkat masdan, ito ay sumisibol at nagsisimulang tumubo.

31 At ngayon, masdan, kayo ba ay nakatitiyak na ito ay mabuting binhi? Sinasabi ko sa inyo, Oo; sapagkat ang bawat binhi ay magbubunga ng kanyang katulad.

32 Anupa't kung ang isang binhi ay tumutubo ito ay mabuti, ngunit kung ito ay hindi tumutubo, masdan ito ay hindi mabuti, kaya nga ito ay itatapon.

33 At ngayon, masdan, dahil sa inyong isinagawa ang pagsubok, at itanim ang binhi, at ito ay lumaki at sumibol, at nagsimulang tumubo, kailangang malaman ninyo na ang binhi ay mabuti.

34 At ngayon, masdan, ang inyo bang kaalaman ay ganap? Oo, ang inyong kaalaman ay ganap sa bagay na yaon, at ang inyong pananampalataya ay hindi lumalaki; at ito ay sapagkat nalalaman na ninyo, sapagkat nalalaman ninyo na ang salita ay nagpalaki sa inyong mga kaluluwa, at nalalaman din ninyo na ito ay sumibol, na ang inyong pang-unawa ay nagsimulang magliwanag, at ang inyong isipan ay nagsimulang lumawak.

35 O ngayon, hindi ba ito ay tunay? Sinasabi ko sa inyo, Oo, sapagkat ito ay liwanag; at anuman ang maliwanag ay mabuti, sapagkat ito ay nauunawaan, kaya nga kailangan ninyong malaman na ito ay mabuti; at ngayon, masdan, matapos ninyong matikman ang liwanag na ito, ang inyo bang kaalaman ay ganap?

36 Masdan, sinasabi ko sa inyo, Hindi; ni hindi ninyo kailangang isantabi ang inyong pananampalataya, sapagkat inyo lamang ginamit ang inyong pananampalataya upang itanim ang binhi at nang inyong maisagawa ang pagsubok upang inyong malaman kung ang binhi ay mabuti.

But behold, as the seed swelleth, and sprouteth, and beginneth to grow, then you must needs say that the seed is good; for behold it swelleth, and sprouteth, and beginneth to grow. And now, behold, will not this strengthen your faith? Yea, it will strengthen your faith: for ye will say I know that this is a good seed; for behold it sprouteth and beginneth to grow.

And now, behold, are ye sure that this is a good seed? I say unto you, Yea; for every seed bringeth forth unto its own likeness.

Therefore, if a seed groweth it is good, but if it groweth not, behold it is not good, therefore it is cast away.

And now, behold, because ye have tried the experiment, and planted the seed, and it swelleth and sprouteth, and beginneth to grow, ye must needs know that the seed is good.

And now, behold, is your knowledge perfect? Yea, your knowledge is perfect in that thing, and your faith is dormant; and this because you know, for ye know that the word hath swelled your souls, and ye also know that it hath sprouted up, that your understanding doth begin to be enlightened, and your mind doth begin to expand.

O then, is not this real? I say unto you, Yea, because it is light; and whatsoever is light, is good, because it is discernible, therefore ye must know that it is good; and now behold, after ye have tasted this light is your knowledge perfect?

Behold I say unto you, Nay; neither must ye lay aside your faith, for ye have only exercised your faith to plant the seed that ye might try the experiment to know if the seed was good.

- 37 At masdan, habang ang punungkahoy ay nagsisimulang lumaki, inyong sasabihin: Ating alagaan ito nang may malaking pagkalinga, nang iyon ay magkaugat, nang iyon ay lumaki, at magbigay ng bunga sa atin. At ngayon, masdan, kung inyong aalagaan iyon nang mabuti, ito ay magkakaugat, at tutubo at magbibigay ng bunga.
- 38 Subalit kung inyong pababayaan ang punungkahoy, at hindi iisipin ang pangangalaga rito, masdan, iyon ay hindi magkakaroon ng anumang ugat; at kung ang init ng araw ay matindi at darangin ito, sapagkat wala itong ugat ito ay malalanta, at ito ay inyong bubunutin at itatapon.
- 39 Ngayon, ito ay hindi dahil ang binhi ay hindi mabuti, ni ito ay dahil ang bunga niyon ay hindi magiging kanais-nais; kundi ito ay dahil ang inyong lupa ay tigang, at hindi ninyo inaalagaan ang punungkahoy, anupa't hindi kayo magkakaroon ng bunga niyon.
- 40 At kung magkagayon, kung hindi ninyo aalagaan ang salita, na umaasa nang may pananampalataya sa bunga niyon, hindi kayo kailanman makapipitas ng bunga ng punungkahoy ng buhay.
- 41 Subalit kung inyong aalagaan ang salita, oo, aalagaan ang punungkahoy habang ito ay nagsisimulang lumaki, sa pamamagitan ng inyong pananampalataya nang may malaking pagsisikap, at may pagtitiyaga, umaasa sa bunga niyon, ito ay magkakaugat, at masdan, ito ay magiging isang punungkahoy na sumisibol tungo sa buhay na walang hanggan.
- 42 At dahil sa inyong pagsisikap at inyong pananampalataya at inyong pagtitiyaga sa salita sa pag-aalaga nito upang ito'y mapapag-ugat ninyo, masdan, di maglalaon, kayo ay pipitas ng bunga niyon, na pinakamahalaga, na pinakamatamis sa lahat ng matamis, at pinakamaputi sa lahat ng maputi, oo, at pinakadalisyay sa lahat ng dalisyay; at kayo ay magpapakabusog sa bungang ito hanggang sa kayo ay mapuno, upang hindi na kayo magutom pa, ni hindi na kayo mauuhaw.
- 43 Kung magkagayon, mga kapatid ko, inyong aanihin ang mga gantimpala ng inyong pananampalataya, at inyong pagsisikap, at pagtitiyaga, at mahabang pagtitiis, sa paghihintay sa punungkahoy na magbigay ng bunga sa inyo.

And behold, as the tree beginneth to grow, ye will say: Let us nourish it with great care, that it may get root, that it may grow up, and bring forth fruit unto us. And now behold, if ye nourish it with much care it will get root, and grow up, and bring forth fruit.

But if ye neglect the tree, and take no thought for its nourishment, behold it will not get any root; and when the heat of the sun cometh and scorcheth it, because it hath no root it withers away, and ye pluck it up and cast it out.

Now, this is not because the seed was not good, neither is it because the fruit thereof would not be desirable; but it is because your ground is barren, and ye will not nourish the tree, therefore ye cannot have the fruit thereof.

And thus, if ye will not nourish the word, looking forward with an eye of faith to the fruit thereof, ye can never pluck of the fruit of the tree of life.

But if ye will nourish the word, yea, nourish the tree as it beginneth to grow, by your faith with great diligence, and with patience, looking forward to the fruit thereof, it shall take root; and behold it shall be a tree springing up unto everlasting life.

And because of your diligence and your faith and your patience with the word in nourishing it, that it may take root in you, behold, by and by ye shall pluck the fruit thereof, which is most precious, which is sweet above all that is sweet, and which is white above all that is white, yea, and pure above all that is pure; and ye shall feast upon this fruit even until ye are filled, that ye hunger not, neither shall ye thirst.

Then, my brethren, ye shall reap the rewards of your faith, and your diligence, and patience, and long-suffering, waiting for the tree to bring forth fruit unto you.

## Alma 33

- 1 Ngayon matapos sabihin ni Alma ang mga salitang ito, sila ay nagtanong sa kanya, nagnanais na malaman kung sila ay nararapat maniwala sa isang Diyos, upang matamo nila ang bungang ito na sinabi niya, o kung paano nila itanim ang binhi, o ang salitang kanyang sinabi, na sinabi niyang kinakailangang maitanim sa kanilang mga puso; o sa paanong paraan sila magsisimula upang gamitin ang kanilang pananampalataya.
- 2 At sinabi ni Alma sa kanila: Masdan, sinabi ninyong hindi kayo makasamba sa inyong Diyos dahil sa kayo ay itinaboy palabas ng inyong mga sinagoga. Subalit masdan, sinasabi ko sa inyo, kung inaakala ninyong hindi kayo makasasamba sa Diyos, kayo ay labis na nagkakamali, at nararapat ninyong saliksikin ang mga banal na kasulatan; kung inaakala ninyong itinuro nila ito sa inyo, hindi ninyo nauunawaan ang mga ito.
- 3 Natatandaan ba ninyong nabasa kung ano ang sinabi ni Zenos, ang sinaunang propeta, hinggil sa panalangin o pagsamba?
- 4 Sapagkat sinabi niya: Kayo ay maawain, O Diyos, sapagkat dininig ninyo ang aking panalangin, maging nang ako ay nasa ilang; oo, naging maawain kayo nang ako ay manalangin hinggil sa mga yaong aking mga kaaway, at ipinaubaya ninyo sila sa akin.
- 5 Oo, O Diyos, at naging maawain kayo sa akin nang ako ay magsumamo sa inyo sa aking bukid; nang ako ay magsumamo sa inyo sa aking panalangin, at dininig ninyo ako.
- 6 At muli, O Diyos, nang ako ay magtungo sa aking tahanan ay dininig ninyo ako sa aking panalangin.
- 7 At nang ako ay pumasok sa aking munting silid, O Panginoon, at nanalangin sa inyo, dininig ninyo ako.
- 8 Oo, maawain kayo sa inyong mga anak kapag sila ay nagsusumamo sa inyo, upang marinig ninyo at hindi ng tao, at pakikinggan ninyo sila.
- 9 Oo, O Diyos, naging maawain kayo sa akin, at dininig ang aking mga pagsusumamo sa gitna ng inyong mga pagtitipun-tipon.

## Alma 33

Now after Alma had spoken these words, they sent forth unto him desiring to know whether they should believe in one God, that they might obtain this fruit of which he had spoken, or how they should plant the seed, or the word of which he had spoken, which he said must be planted in their hearts; or in what manner they should begin to exercise their faith.

And Alma said unto them: Behold, ye have said that ye could not worship your God because ye are cast out of your synagogues. But behold, I say unto you, if ye suppose that ye cannot worship God, ye do greatly err, and ye ought to search the scriptures; if ye suppose that they have taught you this, ye do not understand them.

Do ye remember to have read what Zenos, the prophet of old, has said concerning prayer or worship?

For he said: Thou art merciful, O God, for thou hast heard my prayer, even when I was in the wilderness; yea, thou wast merciful when I prayed concerning those who were mine enemies, and thou didst turn them to me.

Yea, O God, and thou wast merciful unto me when I did cry unto thee in my field; when I did cry unto thee in my prayer, and thou didst hear me.

And again, O God, when I did turn to my house thou didst hear me in my prayer.

And when I did turn unto my closet, O Lord, and prayed unto thee, thou didst hear me.

Yea, thou art merciful unto thy children when they cry unto thee, to be heard of thee and not of men, and thou wilt hear them.

Yea, O God, thou hast been merciful unto me, and heard my cries in the midst of thy congregations.

- 10 Oo, at dininig din ninyo ako nang ako ay itaboy at kinamuhian ng aking mga kaaway; oo, dininig ninyo ang aking mga pagsusumamo at nagalit sa aking mga kaaway, at dinalaw ninyo sila ng inyong galit sa pamamagitan ng dagliang pagkalipol.
- 11 At dininig ninyo ako dahil sa aking mga paghihirap at aking katapatan; at dahil sa inyong Anak kung kaya't naging maawain kayo nang gayon sa akin, kaya nga, ako ay magsusumamo sa inyo sa lahat ng aking paghihirap, sapagkat nasa inyo ang aking kagalakan; sapagkat iwinaksi ninyo mula sa akin ang inyong mga kahatulan, dahil sa inyong Anak.
- 12 At ngayon sinabi ni Alma sa kanila: Naniniwala ba kayo sa mga yaong banal na kasulatang isinulat nila noon?
- 13 Masdan, kung naniniwala kayo, kinakailangang maniwala kayo sa sinabi ni Zenos; sapagkat masdan, sinabi niya: Iwinaksi ninyo ang inyong mga kahatulan dahil sa inyong Anak.
- 14 Ngayon masdan, mga kapatid ko, itinatanong ko kung binasa ninyo ang mga banal na kasulatan? Kung binasa ninyo, paanong hindi kayo maniniwala sa Anak ng Diyos?
- 15 Sapagkat hindi nasusulat na tanging si Zenos lamang ang nangusap ng mga bagay na ito, kundi nangusap din si Zenok ng mga bagay na ito—
- 16 Sapagkat masdan, sinabi niya: Nagagalit kayo, O Panginoon, sa mga taong ito, sapagkat sila ay tumangging unawain ang inyong mga awa na ipinagkaloob ninyo sa kanila dahil sa inyong Anak.
- 17 At ngayon, mga kapatid ko, nakikita ninyo na may ikalawang propeta noon na nagpatotoo sa Anak ng Diyos, at sapagkat ang mga tao ay tumangging unawain siya kaya nga kanilang pinagbabato siya hanggang sa kamatayan.
- 18 Subalit masdan, hindi lamang ito; hindi lamang sila ang nangusap hinggil sa Anak ng Diyos.
- 19 Masdan, siya ay binanggit ni Moises; oo, at masdan isang kahalintulad ang itinaas sa ilang, na kung sino man ang tumingin dito ay mabubuhay. At marami ang tumingin at nabuhay.

Yea, and thou hast also heard me when I have been cast out and have been despised by mine enemies; yea, thou didst hear my cries, and wast angry with mine enemies, and thou didst visit them in thine anger with speedy destruction.

And thou didst hear me because of mine afflictions and my sincerity; and it is because of thy Son that thou hast been thus merciful unto me, therefore I will cry unto thee in all mine afflictions, for in thee is my joy; for thou hast turned thy judgments away from me, because of thy Son.

And now Alma said unto them: Do ye believe those scriptures which have been written by them of old?

Behold, if ye do, ye must believe what Zenos said; for, behold he said: Thou hast turned away thy judgments because of thy Son.

Now behold, my brethren, I would ask if ye have read the scriptures? If ye have, how can ye disbelieve on the Son of God?

For it is not written that Zenos alone spake of these things, but Zenock also spake of these things—

For behold, he said: Thou art angry, O Lord, with this people, because they will not understand thy mercies which thou hast bestowed upon them because of thy Son.

And now, my brethren, ye see that a second prophet of old has testified of the Son of God, and because the people would not understand his words they stoned him to death.

But behold, this is not all; these are not the only ones who have spoken concerning the Son of God.

Behold, he was spoken of by Moses; yea, and behold a type was raised up in the wilderness, that whosoever would look upon it might live. And many did look and live.

- 20 Subalit kakaunti ang nakaunawa sa ibig sabihin ng mga bagay na yaon, at ito ay dahil sa katigasan ng kanilang mga puso. Subalit marami ang napakatigas na tumanggi silang tumingin, kung kaya nga't nasawi sila. Ngayon, ang dahilan ng pagtanggap nilang tumingin ay dahil sa hindi sila naniwalang sila ay mapagagaling nito.
- 21 O mga kapatid ko, kung kayo ay mapagagaling sa pamamagitan lamang ng pagbaling ng inyong mga mata upang kayo'y gumaling, hindi ba kayo mabilis na titingin, o nanaisin pa ninyong patigasin ang inyong mga puso sa kawalang-paniniwala, at maging mga tamad, na hindi ninyo ibabaling ang inyong mga mata, upang masawi kayo?
- 22 Kung gayon, sasainyo ang kapighatian; subalit kung hindi, samakatwid ibabaling ninyo ang inyong mga mata at magsisimulang maniwala sa Anak ng Diyos, na siya ay paparito upang tubusin ang kanyang mga tao, at na siya ay magpapakasakit at mamamatay upang magbayad-sala para sa kanilang mga kasalanan; at na siya ay mabubuhay na mag-uli mula sa patay, na papapangyarihin ang pagkabuhay na mag-uli, upang ang lahat ng tao ay tumindig sa kanyang harapan, upang hatulan sa huli at araw ng paghuhukom, alinsunod sa kanilang mga gawa.
- 23 At ngayon, mga kapatid ko, hinihiling kong itanim ninyo ang salitang ito sa inyong mga puso, at habang nagsisimula itong lumaki gayon pa man ito ay alagaan ng inyong pananampalataya. At masdan, ito ay magiging isang punungkahoy, sisibol sa inyo tungo sa buhay na walang hanggan. At pagkatapos nawa'y ipagkaloob sa inyo ng Diyos na ang inyong mga pasanin ay gumaan, sa pamamagitan ng kagalakan sa kanyang Anak. At maging ang lahat ng ito ay magagawa ninyo kung inyong nanaisin. Amen.

But few understood the meaning of those things, and this because of the hardness of their hearts. But there were many who were so hardened that they would not look, therefore they perished. Now the reason they would not look is because they did not believe that it would heal them.

O my brethren, if ye could be healed by merely casting about your eyes that ye might be healed, would ye not behold quickly, or would ye rather harden your hearts in unbelief, and be slothful, that ye would not cast about your eyes, that ye might perish?

If so, wo shall come upon you; but if not so, then cast about your eyes and begin to believe in the Son of God, that he will come to redeem his people, and that he shall suffer and die to atone for their sins; and that he shall rise again from the dead, which shall bring to pass the resurrection, that all men shall stand before him, to be judged at the last and judgment day, according to their works.

And now, my brethren, I desire that ye shall plant this word in your hearts, and as it beginneth to swell even so nourish it by your faith. And behold, it will become a tree, springing up in you unto everlasting life. And then may God grant unto you that your burdens may be light, through the joy of his Son. And even all this can ye do if ye will. Amen.

## Alma 34

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, na matapos na sabihin ni Alma ang mga salitang ito sa kanila siya ay naupo sa lupa, at si Amulek ay tumayo at nagsimulang magturo sa kanila, sinasabing:
- 2 Mga kapatid ko, iniisip ko na hindi maaari na kayo ay maging walang malay sa mga bagay na sinabi hinggil sa pagparito ni Cristo, na siyang itinuro namin na siyang Anak ng Diyos; oo, alam ko na ang mga bagay na ito ay itinuro sa inyo nang labis-labis bago kayo tumiwalag sa amin.
- 3 At kagaya ng hinihiling ninyo sa aking minamahal na kapatid na kanyang ipaalam sa inyo kung ano ang nararapat ninyong gawin, dahil sa inyong mga paghihirap; at siya ay nagsalita nang bahagya sa inyo upang ihanda ang inyong mga pag-iisip; oo, at kayo ay pinayuhan niya tungkol sa pananampalataya at sa pagtitiyaga.
- 4 Oo, maging sa kayo ay magkaroon ng napakalaking pananampalataya maging kagaya ng pagtatanim ng salita sa inyong mga puso, upang kayo ay magsikap na subukin ang kabutihan nito.
- 5 At aming namasdan na ang malaking katanungan na nasa inyong mga pag-iisip ay kung ang salita ay nasa Anak ng Diyos, o kung hindi magkakaroon ng Cristo.
- 6 At inyo ring napagmasdan na pinatunayan ng aking kapatid sa inyo, sa maraming pagkakataon, na ang salita ay na kay Cristo tungo sa kaligtasan.
- 7 Ang aking kapatid ay sumangguni sa mga salita ni Zenos, na ang pagtubos ay darating sa pamamagitan ng Anak ng Diyos, at gayundin sa mga salita ni Zenok; at siya ay sumangguni rin kay Moises, upang patunayan na ang mga bagay na ito ay totoo.
- 8 At ngayon, masdan, patototohanan sa inyo ng aking sarili na ang mga bagay na ito ay totoo. Masdan, sinasabi ko sa inyo, na alam ko na si Cristo ay paparito sa mga anak ng tao, upang akuin niya ang mga pagkakasala ng kanyang mga tao, at siya ay magbabayad-sala para sa mga kasalanan ng sanlibutan; sapagkat ang Panginoong Diyos ang nagsabi nito.

## Alma 34

And now it came to pass that after Alma had spoken these words unto them he sat down upon the ground, and Amulek arose and began to teach them, saying:

My brethren, I think that it is impossible that ye should be ignorant of the things which have been spoken concerning the coming of Christ, who is taught by us to be the Son of God; yea, I know that these things were taught unto you bountifully before your dissension from among us.

And as ye have desired of my beloved brother that he should make known unto you what ye should do, because of your afflictions; and he hath spoken somewhat unto you to prepare your minds; yea, and he hath exhorted you unto faith and to patience—

Yea, even that ye would have so much faith as even to plant the word in your hearts, that ye may try the experiment of its goodness.

And we have beheld that the great question which is in your minds is whether the word be in the Son of God, or whether there shall be no Christ.

And ye also beheld that my brother has proved unto you, in many instances, that the word is in Christ unto salvation.

My brother has called upon the words of Zenos, that redemption cometh through the Son of God, and also upon the words of Zenock; and also he has appealed unto Moses, to prove that these things are true.

And now, behold, I will testify unto you of myself that these things are true. Behold, I say unto you, that I do know that Christ shall come among the children of men, to take upon him the transgressions of his people, and that he shall atone for the sins of the world; for the Lord God hath spoken it.



- 9 Sapagkat kinakailangan na ang pagbabayad-sala ay maisagawa; sapagkat ayon sa dakilang plano ng Diyos na Walang Hanggan, kinakailangan na may isang pagbabayad-salang gawin, at kung hindi, ang buong sangkatauhan ay tiyak na hindi makaiiwas na masawi; oo, lahat ay naging matigas; oo, lahat ay nahulog at nangaligaw, at tiyak na masasawi maliban sa pamamagitan ng pagbabayad-sala na kinakailangang maisagawa.
- 10 Sapagkat kinakailangang magkaroon ng isang dakila at huling hain; oo, hindi isang paghahain ng tao, ni ng hayop, ni ng anumang uri ng ibon; sapagkat hindi ito magiging hain ng tao; kundi kinakailangan na ito'y isang walang katapusan at walang hanggang hain.
- 11 Ngayon, walang sinumang taong makapaghahain ng kanyang sariling dugo na magbabayad-sala para sa mga kasalanan ng iba. Ngayon, kung ang isang tao ay pumaslang, masdan ang atin bang batas, na makatarungan, ay kukunin ang buhay ng kanyang kapatid? Sinasabi ko sa inyo, Hindi.
- 12 Ngunit hinihingi ng batas ang buhay niya na pumaslang; anupa't walang anumang bagay na kukulangin sa walang hanggang pagbabayad-sala ang makasasapat para sa mga kasalanan ng sanlibutan.
- 13 Kaya nga, kinakailangang magkaroon ng isang dakila at huling hain, at kung magkagayon ay magkakaroon, o kapaki-pakinabang na magkaroon, ng pagtigil ng pagbuhos ng dugo; at sa gayon ang mga batas ni Moises ay matutupad; oo, ito ay matutupad na lahat, bawat tuldok at kudlit, at walang anumang mawawala.
- 14 At masdan, ito ang buong kahulugan ng batas, bawat mumunting bahagi ay nakatuon sa yaong dakila at huling hain; at yaong dakila at huling hain ay ang Anak ng Diyos, oo, walang katapusan at walang hanggan.
- 15 At sa gayon siya magdadala ng kaligtasan sa lahat ng yaong maniniwala sa kanyang pangalan, ito ang layunin ng huling haing ito, upang madala ang mga sisidlan ng awa, na nangingibabaw sa katarungan, at nagbibigay ng daan sa mga tao upang sila ay magkaroon ng pananampalataya tungo sa pagsisisi.

For it is expedient that an atonement should be made; for according to the great plan of the Eternal God there must be an atonement made, or else all mankind must unavoidably perish; yea, all are hardened; yea, all are fallen and are lost, and must perish except it be through the atonement which it is expedient should be made.

For it is expedient that there should be a great and last sacrifice; yea, not a sacrifice of man, neither of beast, neither of any manner of fowl; for it shall not be a human sacrifice; but it must be an infinite and eternal sacrifice.

Now there is not any man that can sacrifice his own blood which will atone for the sins of another. Now, if a man murdereth, behold will our law, which is just, take the life of his brother? I say unto you, Nay.

But the law requireth the life of him who hath murdered; therefore there can be nothing which is short of an infinite atonement which will suffice for the sins of the world.

Therefore, it is expedient that there should be a great and last sacrifice, and then shall there be, or it is expedient there should be, a stop to the shedding of blood; then shall the law of Moses be fulfilled; yea, it shall be all fulfilled, every jot and tittle, and none shall have passed away.

And behold, this is the whole meaning of the law, every whit pointing to that great and last sacrifice; and that great and last sacrifice will be the Son of God, yea, infinite and eternal.

And thus he shall bring salvation to all those who shall believe on his name; this being the intent of this last sacrifice, to bring about the bowels of mercy, which overpowereth justice, and bringeth about means unto men that they may have faith unto repentance.

- 16 At sa gayon mabibigyang-kasiyahan ng awa ang hinihingi ng katarungan, at yayakapin sila ng mga bisig ng kaligtasan, samantalang siya na hindi magkakaroon ng pananampalataya tungo sa pagsisisi ay nakalantad sa buong batas na hinihingi ng katarungan; anupa't siya lamang na may pananampalataya tungo sa pagsisisi ang madadala sa dakila at walang hanggang plano ng pagtubos.
- 17 Kaya nga, ipagkaloob nawa sa inyo ng Diyos, mga kapatid ko, na kayo ay magsimulang magkaroon ng pananampalataya tungo sa pagsisisi, upang kayo ay magsimulang manawagan sa kanyang banal na pangalan, upang siya ay maawa sa inyo;
- 18 Oo, magsumamo sa kanya ng awa; sapagkat may kapangyarihan siya na makapagligtas.
- 19 Oo, magpakumbaba ng inyong sarili, at magpatuloy ng pagdalangin sa kanya.
- 20 Magsumamo kayo sa kanya kung kayo ay nasa inyong mga bukid, oo, para sa lahat ng inyong mga kawan.
- 21 Magsumamo kayo sa kanya sa inyong mga tahanan, oo, para sa buong sambahayan ninyo; maging umaga, tanghali, at gabi.
- 22 Oo, magsumamo kayo sa kanya laban sa kapangyarihan ng inyong mga kaaway.
- 23 Oo, magsumamo kayo sa kanya laban sa diyablo, na siyang kaaway ng lahat ng kabutihan.
- 24 Magsumamo kayo sa kanya para sa mga pananim ng inyong mga bukid, upang kayo ay umunlad sa mga yaon.
- 25 Magsumamo kayo para sa mga kawan ng inyong mga bukid upang sila ay dumami.
- 26 Ngunit hindi lamang ito; kailangan ninyong ibuhos ang inyong mga kaluluwa sa inyong mga silid, at sa inyong mga lihim na lugar, at sa inyong mga ilang.
- 27 Oo, at kung hindi kayo nagsusumamo sa Panginoon, hayaan na ang inyong mga puso ay mapuspos, patuloy na lumalapit sa panalangin sa kanya para sa inyong kapakanan, at para rin sa kapakanan nila na nasa paligid ninyo.

And thus mercy can satisfy the demands of justice, and encircles them in the arms of safety, while he that exercises no faith unto repentance is exposed to the whole law of the demands of justice; therefore only unto him that has faith unto repentance is brought about the great and eternal plan of redemption.

Therefore may God grant unto you, my brethren, that ye may begin to exercise your faith unto repentance, that ye begin to call upon his holy name, that he would have mercy upon you;

Yea, cry unto him for mercy; for he is mighty to save.

Yea, humble yourselves, and continue in prayer unto him.

Cry unto him when ye are in your fields, yea, over all your flocks.

Cry unto him in your houses, yea, over all your household, both morning, mid-day, and evening.

Yea, cry unto him against the power of your enemies.

Yea, cry unto him against the devil, who is an enemy to all righteousness.

Cry unto him over the crops of your fields, that ye may prosper in them.

Cry over the flocks of your fields, that they may increase.

But this is not all; ye must pour out your souls in your closets, and your secret places, and in your wilderness.

Yea, and when you do not cry unto the Lord, let your hearts be full, drawn out in prayer unto him continually for your welfare, and also for the welfare of those who are around you.

28 At ngayon masdan, mga minamahal kong kapatid, sinasabi ko sa inyo, huwag ninyong akalain na ito na ang lahat; sapagkat matapos ninyong magawa ang lahat ng bagay na ito, kung inyong tatalikuran ang mga nangangailangan, at ang hubad, at hindi ninyo dinadalaw ang may karamdaman at naghihirap, at ibahagi ang inyong kabuhayan, kung kayo ay mayroon, sa mga yaong nangangailangan—sinasabi ko sa inyo, kung hindi ninyo gagawin ang alinman sa mga bagay na ito, masdan, ang inyong mga panalangin ay walang kabuluhan, at wala kayong pakikinabangan, at kayo ay kagaya ng mga mapagkunwari na itinatatwa ang relihiyon.

29 Kaya nga, kung hindi ninyo pakatatandaan na maging mapagmahal sa kapwa, kayo ay katulad ng taing bakal, na itinapon ng naglalantay (ito bilang walang halaga) at niyayapakan sa ilalim ng mga paa ng tao.

30 At ngayon, aking mga kapatid, nais ko, na matapos kayong makatanggap ng napakaraming saksi, nakikita na ang mga banal na kasulatan ay nagpapatotoo sa mga bagay na ito, kayo ay lumapit at mamunga ng bunga ng pagsisisi.

31 Oo, nais ko na kayo ay lumapit at huwag nang patigasin pa ang inyong mga puso; sapagkat masdan, ngayon na ang panahon at ang araw ng inyong kaligtasan; at kaya nga, kung kayo ay magsisisi at hindi patitigasin ang inyong mga puso, kapagdaka ang dakilang plano ng pagtubos ay madadala sa inyo.

32 Sapagkat masdan, ang buhay na ito ang panahon para sa mga tao na maghanda sa pagharap sa Diyos; oo, masdan, ang araw ng buhay na ito ang araw para sa mga tao na gampanan ang kanilang mga gawain.

33 At ngayon, kagaya ng sinabi ko sa inyo noon, sapagkat mayroon kayong napakaraming saksi, kaya nga, ako ay sumasamo sa inyo na huwag ninyong ipagpaliban ang araw ng inyong pagsisisi hanggang sa wakas; sapagkat pagkatapos ng araw na ito ng buhay, na ibinigay sa atin upang maghanda para sa kawalang-hanggan, masdan, kung hindi natin pagbubutihin ang ating panahon habang nasa buhay na ito, kung magkagayon ay darating ang gabi ng kadiliman kung saan ay maaaring wala nang gawaing magagawa.

And now behold, my beloved brethren, I say unto you, do not suppose that this is all; for after ye have done all these things, if ye turn away the needy, and the naked, and visit not the sick and afflicted, and impart of your substance, if ye have, to those who stand in need—I say unto you, if ye do not any of these things, behold, your prayer is vain, and availeth you nothing, and ye are as hypocrites who do deny the faith.

Therefore, if ye do not remember to be charitable, ye are as dross, which the refiners do cast out, (it being of no worth) and is trodden under foot of men.

And now, my brethren, I would that, after ye have received so many witnesses, seeing that the holy scriptures testify of these things, ye come forth and bring fruit unto repentance.

Yea, I would that ye would come forth and harden not your hearts any longer; for behold, now is the time and the day of your salvation; and therefore, if ye will repent and harden not your hearts, immediately shall the great plan of redemption be brought about unto you.

For behold, this life is the time for men to prepare to meet God; yea, behold the day of this life is the day for men to perform their labors.

And now, as I said unto you before, as ye have had so many witnesses, therefore, I beseech of you that ye do not procrastinate the day of your repentance until the end; for after this day of life, which is given us to prepare for eternity, behold, if we do not improve our time while in this life, then cometh the night of darkness wherein there can be no labor performed.

- 34 Hindi ninyo maaaring sabihin, kapag kayo ay dinala sa yaong kakila-kilabot na kagipitan, na ako ay magsisisi, na ako ay babalik sa aking Diyos. Hindi, hindi ninyo maaaring sabihin ito; sapagkat yaon ding espiritu na nag-aangkin sa inyong mga katawan sa panahon na kayo ay pumanaw sa buhay na ito, yaon ding espiritong yaon ang may kapangyarihan na angkinin ang inyong katawan sa walang hanggang daigdig na yaon.
- 35 Sapagkat masdan, kung inyong ipinagpaliban ang araw ng inyong pagsisisi magpahanggang sa kamatayan, masdan, kayo ay napasakop sa espiritu ng diyablo, at tatatakan niya kayo na kanya; anupa't ang Espiritu ng Panginoon ay lumisan sa inyo, at walang puwang sa inyo, at ang diyablo ay may buong kapangyarihan sa inyo; at ito ang pangwakas na kalagayan ng masasama.
- 36 At ito ay alam ko, sapagkat sinabi ng Panginoon na hindi siya tumatahan sa mga hindi banal na templo, kundi sa mga puso ng mabubuti siya tumatahan; oo, at sinabi rin niya na ang mabubuti ay mauupo sa kanyang kaharian, upang hindi na muling lumabas pa; kundi ang kanilang mga kasuotan ay gagawing maputi sa pamamagitan ng dugo ng Kordero.
- 37 At ngayon, mga minamahal kong kapatid, hinihiling kong inyong tandaan ang mga bagay na ito, at isagawa ninyo ang inyong kaligtasan nang may takot sa harapan ng Diyos, at hindi na ninyo itatatwa pa ang pagparito ni Cristo;
- 38 At huwag na kayong makipagtalo pa laban sa Espiritu Santo, kundi inyong tanggapin ito, at taglayin ninyo ang pangalan ni Cristo; at kayo ay magpakumbaba ng inyong sarili maging hanggang sa alabok, at sambahin ang Diyos, saan mang lugar kayo naroroon, sa espiritu at sa katotohanan; at kayo ay mabuhay na nagpapasalamat araw-araw, sa maraming awa at pagpapalang ipinagkaloob niya sa inyo.
- 39 Oo, at pinapayuhan ko rin kayo, mga kapatid ko, na inyong pangalagaang patuloy na manalagin, upang kayo ay hindi padala sa mga tukso ng diyablo, nang hindi niya kayo madaig, upang hindi niya kayo maging mga sakop sa huling araw; sapagkat masdan, kayo ay gagantimpalaan niya ng hindi mabuting bagay.

Ye cannot say, when ye are brought to that awful crisis, that I will repent, that I will return to my God. Nay, ye cannot say this; for that same spirit which doth possess your bodies at the time that ye go out of this life, that same spirit will have power to possess your body in that eternal world.

For behold, if ye have procrastinated the day of your repentance even until death, behold, ye have become subjected to the spirit of the devil, and he doth seal you his; therefore, the Spirit of the Lord hath withdrawn from you, and hath no place in you, and the devil hath all power over you; and this is the final state of the wicked.

And this I know, because the Lord hath said he dwelleth not in unholy temples, but in the hearts of the righteous doth he dwell; yea, and he has also said that the righteous shall sit down in his kingdom, to go no more out; but their garments should be made white through the blood of the Lamb.

And now, my beloved brethren, I desire that ye should remember these things, and that ye should work out your salvation with fear before God, and that ye should no more deny the coming of Christ;

That ye contend no more against the Holy Ghost, but that ye receive it, and take upon you the name of Christ; that ye humble yourselves even to the dust, and worship God, in whatsoever place ye may be in, in spirit and in truth; and that ye live in thanksgiving daily, for the many mercies and blessings which he doth bestow upon you.

Yea, and I also exhort you, my brethren, that ye be watchful unto prayer continually, that ye may not be led away by the temptations of the devil, that he may not overpower you, that ye may not become his subjects at the last day; for behold, he rewardeth you no good thing.

40 At ngayon mga minamahal kong kapatid,  
pinapayuhan ko kayo na magkaroon ng pagtitiyaga,  
at kayo ay magtiis sa lahat ng uri ng paghihirap; na  
kayo ay huwag manlailait laban doon sa mga nagtaboy  
sa inyo dahil sa inyong labis na kahirapan, at baka  
kayo ay maging mga makasalanang katulad nila;

41 Kundi kayo ay magkaroon ng pagtitiyaga, at tiisin  
ang mga paghihirap na yaon, nang may matatag na  
pag-asa na kayo balang araw ay mamamahinga sa  
lahat ng inyong mga paghihirap.

And now my beloved brethren, I would exhort  
you to have patience, and that ye bear with all man-  
ner of afflictions; that ye do not revile against those  
who do cast you out because of your exceeding  
poverty, lest ye become sinners like unto them;

But that ye have patience, and bear with those af-  
flictions, with a firm hope that ye shall one day rest  
from all your afflictions.

## Alma 35

- 1 Ngayon ito ay nangyari na, nang matapos si Amulek sa mga salitang ito, inilayo nila ang kanilang sarili sa maraming tao at nagtungo sa lupain ng Jerson.
- 2 Oo, at ang iba pa sa mga magkakapatid, matapos nilang ipangaral ang salita sa mga Zoramita, ay nagtungo rin sa lupain ng Jerson.
- 3 At ito ay nangyari na, na matapos na ang higit na kilalang bahagi ng mga Zoramita ay sama-samang nagsanggunian hinggil sa mga salitang ipinangaral sa kanila, sila ay nagalit dahil sa salita, sapagkat winasak nito ang kanilang katusuhan; anupa't sila ay tumangging makinig sa mga salita.
- 4 At sila ay nagpasabi at sama-samang tinipon ang lahat ng tao sa lahat ng dako ng buong lupain, at nakipagsanggunian sa kanila hinggil sa mga salitang sinabi.
- 5 Ngayon, ang kanilang mga tagapamahala at kanilang mga saserdote at kanilang mga guro ay hindi hinayaang malaman ng mga tao ang hinggil sa kanilang mga hangarin; samakatwid nalaman nila nang palihim ang mga iniisip ng lahat ng tao.
- 6 At ito ay nangyari na, na matapos nilang malaman ang mga iniisip ng lahat ng tao, na yaong mga sumasang-ayon sa mga salitang sinabi ni Alma at ng kanyang mga kapatid ay itinaboy palabas ng lupain; at sila ay marami; at sila ay nagtungo rin sa lupain ng Jerson.
- 7 At ito ay nangyari na, na nangaral sa kanila si Alma at ang kanyang mga kapatid.
- 8 Ngayon, ang mga tao ng mga Zoramita ay nagalit sa mga tao ni Ammon na nasa Jerson, at ang punong tagapamahala ng mga Zoramita, sapagkat napakasamang tao, ay nagpasabi sa mga tao ni Ammon na hinihiling sa kanila na itaboy nilang palabas ng kanilang lupain ang lahat ng yaong nagtungo sa kanilang lupain mula sa kanila.

## Alma 35

Now it came to pass that after Amulek had made an end of these words, they withdrew themselves from the multitude and came over into the land of Jershon.

Yea, and the rest of the brethren, after they had preached the word unto the Zoramites, also came over into the land of Jershon.

And it came to pass that after the more popular part of the Zoramites had consulted together concerning the words which had been preached unto them, they were angry because of the word, for it did destroy their craft; therefore they would not hearken unto the words.

And they sent and gathered together throughout all the land all the people, and consulted with them concerning the words which had been spoken.

Now their rulers and their priests and their teachers did not let the people know concerning their desires; therefore they found out privily the minds of all the people.

And it came to pass that after they had found out the minds of all the people, those who were in favor of the words which had been spoken by Alma and his brethren were cast out of the land; and they were many; and they came over also into the land of Jershon.

And it came to pass that Alma and his brethren did minister unto them.

Now the people of the Zoramites were angry with the people of Ammon who were in Jershon, and the chief ruler of the Zoramites, being a very wicked man, sent over unto the people of Ammon desiring them that they should cast out of their land all those who came over from them into their land.

- 9 At nangusap siya ng maraming pananakot laban sa kanila. At ngayon, ang mga tao ni Ammon ay hindi natakot sa kanilang mga salita; anupa't hindi nila sila itinaboy palabas, bagkus ay tinanggap nila ang lahat ng maralita ng mga Zoramita na nagtungo sa kanila; at inalagaan sila, at dinamitan sila, at binigyan sila ng mga lupain na kanilang mana; at kanilang pinaglingkuran sila alinsunod sa kanilang mga kakulangan.
- 10 Ngayon pinukaw nito ang mga Zoramita na magalit laban sa mga tao ni Ammon, at sila ay nagsimulang sumama sa mga Lamanita at pukawin din silang magalit laban sa kanila.
- 11 At sa gayon ang mga Zoramita at ang mga Lamanita ay nagsimulang maghanda para sa digmaan laban sa mga tao ni Ammon, at laban din sa mga Nephita.
- 12 At sa gayon nagtapos ang ikalabimpitong taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.
- 13 At nilisan ng mga tao ni Ammon ang lupain ng Jerson, at nagtungo sa lupain ng Melek, at nagbigay-daan sa lupain ng Jerson sa mga hukbo ng mga Nephita, upang sila ay makipaglaban sa mga hukbo ng mga Lamanita at sa mga hukbo ng mga Zoramita; at sa gayon nagsimula ang isang digmaan sa pagitan ng mga Lamanita at ng mga Nephita, sa ikalabingwalong taon ng panunungkulan ng mga hukom; at isang ulat ng kanilang mga digmaan ang ibibigay pagkaraan nito.
- 14 At sina Alma at Ammon, at ang kanilang mga kapatid, at gayon din ang dalawang anak na lalaki ni Alma ay nagsibalik sa lupain ng Zarahemla, matapos na maging mga kasangkapan sa mga kamay ng Diyos sa pagdadala ng marami sa mga Zoramita sa pagsisisi; at kasindami ng nadala sa pagsisisi ay itinaboy palabas ng kanilang lupain; subalit sila ay nagkaroon ng mga lupain na kanilang mana sa lupain ng Jerson, at sila ay humawak ng mga sandata upang ipagtanggol ang kanilang sarili, at kanilang mga asawa, at anak, at kanilang mga lupain.

And he breathed out many threatenings against them. And now the people of Ammon did not fear their words; therefore they did not cast them out, but they did receive all the poor of the Zoramites that came over unto them; and they did nourish them, and did clothe them, and did give unto them lands for their inheritance; and they did administer unto them according to their wants.

Now this did stir up the Zoramites to anger against the people of Ammon, and they began to mix with the Lamanites and to stir them up also to anger against them.

And thus the Zoramites and the Lamanites began to make preparations for war against the people of Ammon, and also against the Nephites.

And thus ended the seventeenth year of the reign of the judges over the people of Nephi.

And the people of Ammon departed out of the land of Jershon, and came over into the land of Melek, and gave place in the land of Jershon for the armies of the Nephites, that they might contend with the armies of the Lamanites and the armies of the Zoramites; and thus commenced a war betwixt the Lamanites and the Nephites, in the eighteenth year of the reign of the judges; and an account shall be given of their wars hereafter.

And Alma, and Ammon, and their brethren, and also the two sons of Alma returned to the land of Zarahemla, after having been instruments in the hands of God of bringing many of the Zoramites to repentance; and as many as were brought to repentance were driven out of their land; but they have lands for their inheritance in the land of Jershon, and they have taken up arms to defend themselves, and their wives, and children, and their lands.

15 Ngayon, si Alma, nagdadalamhati dahil sa kasamaan ng kanyang mga tao, oo, dahil sa mga digmaan, at sa mga pagdanak ng dugo, at sa mga alitan na nasa kanila; at matapos na maipahayag ang salita, o nagpasiyang ipahayag ang salita, sa lahat ng tao sa lahat ng lunsod; at nakikitang ang mga puso ng mga tao ay nagsimulang maging matitigas, at na nagsimula silang magdamdam dahil sa kahigpitan ng salita, na ang kanyang puso ay labis na nalungkot.

16 Samakatwid, kanyang pinapangyaring samasamang tipunin ang kanyang mga anak na lalaki, upang maibigay niya sa bawat isa sa kanila ang kani-kanyang tungkulin, nang magkakahiwalay, hinggil sa mga bagay na nauukol sa kabutihan. At kami ay may ulat ng kanyang mga kautusan, na ibinigay niya sa kanila ayon sa kanyang sariling talaan.

Now Alma, being grieved for the iniquity of his people, yea for the wars, and the bloodsheds, and the contentions which were among them; and having been to declare the word, or sent to declare the word, among all the people in every city; and seeing that the hearts of the people began to wax hard, and that they began to be offended because of the strictness of the word, his heart was exceedingly sorrowful.

Therefore, he caused that his sons should be gathered together, that he might give unto them every one his charge, separately, concerning the things pertaining unto righteousness. And we have an account of his commandments, which he gave unto them according to his own record.



*Ang mga kautusan ni Alma sa kanyang anak na si Helaman.*

## Alma 36

- 1 Anak kong lalaki, pakinggan ang aking mga salita; sapagkat ipinangangako ko sa iyo, na habang sinusunod mo ang mga kautusan ng Diyos ikaw ay uunlad sa lupain.
- 2 Nais kong gawin mo ang tulad ng ginawa ko, sa pag-alaala sa pagkabihag ng ating mga ama; sapagkat sila ay nasa pagkaalipin, at walang sinumang makapagpapalaya sa kanila maliban sa Diyos ni Abraham, at sa Diyos ni Isaac, at sa Diyos ni Jacob; at tunay na kanyang hinango sila sa kanilang mga paghihirap.
- 3 At ngayon, O anak kong Helaman, masdan, ikaw ay nasa iyong kabataan, at kaya nga, nagsusumamo ako sa iyo na pakinggan mo ang aking mga salita at matuto sa akin; sapagkat nalalaman ko na sino man ang magbibigay ng kanyang tiwala sa Diyos ay tutulungan sa kanilang mga pagsubok, at kanilang mga suliranin, at kanilang mga paghihirap, at dadakilain sa huling araw.
- 4 At hindi ko nais na isipin mong nalalaman ko ito para sa aking sarili—hindi sa temporal kundi sa espirituwal, hindi sa makamundong kaisipan kundi sa Diyos.
- 5 Ngayon, masdan, sinasabi ko sa iyo, kung hindi ako isinilang sa Diyos ay hindi ko sana nalaman ang mga bagay na ito; subalit ipinahintulot ng Diyos, sa pamamagitan ng bibig ng kanyang banal na anghel, na ipaalam ang mga bagay na ito sa akin, hindi dahil sa karapat-dapat ang aking sarili;
- 6 Sapagkat naglakbay akong kasama ang mga anak na lalaki ni Mosias, naghahangad na wasakin ang simbahan ng Diyos; subalit masdan, isinugo ng Diyos ang kanyang banal na anghel upang pigilin kami sa daraanan.
- 7 At masdan, siya ay nangusap sa amin, tulad ng tinig ng kulog, at ang buong lupa ay nayanig sa ilalim ng aming mga paa; at kaming labat ay nalugmok sa lupa, sapagkat ang takot sa Panginoon ay nanaig sa amin.

*The commandments of Alma to his son Helaman.*

## Alma 36

My son, give ear to my words; for I swear unto you, that inasmuch as ye shall keep the commandments of God ye shall prosper in the land.

I would that ye should do as I have done, in remembering the captivity of our fathers; for they were in bondage, and none could deliver them except it was the God of Abraham, and the God of Isaac, and the God of Jacob; and he surely did deliver them in their afflictions.

And now, O my son Helaman, behold, thou art in thy youth, and therefore, I beseech of thee that thou wilt hear my words and learn of me; for I do know that whosoever shall put their trust in God shall be supported in their trials, and their troubles, and their afflictions, and shall be lifted up at the last day.

And I would not that ye think that I know of myself—not of the temporal but of the spiritual, not of the carnal mind but of God.

Now, behold, I say unto you, if I had not been born of God I should not have known these things; but God has, by the mouth of his holy angel, made these things known unto me, not of any worthiness of myself;

For I went about with the sons of Mosiah, seeking to destroy the church of God; but behold, God sent his holy angel to stop us by the way.

And behold, he spake unto us, as it were the voice of thunder, and the whole earth did tremble beneath our feet; and we all fell to the earth, for the fear of the Lord came upon us.

- 8 Subalit masdan, sinabi ng tinig sa akin:  
Bumangon. At bumangon ako at tumayo, at  
namasdan ang anghel.
- 9 At sinabi niya sa akin: Kung ikaw sa iyong sarili ay  
mamamatay, huwag nang hangarin pang wasakin  
ang simbahan ng Diyos.
- 10 At ito ay nangyari na, na ako ay nalugmok sa lupa;  
at ito ay sa loob ng tatlong araw at tatlong gabi na  
hindi ko naibuka ang aking bibig, ni ang nagamit ko  
ang aking mga paa.
- 11 At ang anghel ay nangusap pa ng maraming bagay  
sa akin, na narinig ng aking mga kapatid, subalit  
hindi ko narinig ang mga ito; sapagkat nang marinig  
ko ang mga salitang—Kung ikaw sa iyong sarili ay  
mamamatay, huwag nang hangarin pang wasakin  
ang simbahan ng Diyos—ako ay nakadama ng  
malaking takot at panggigilalas na baka ako’y  
mamatay, kung kaya’t ako ay nalugmok sa lupa at  
wala na akong narinig pa.
- 12 Subalit ako ay giniyagis ng walang hanggang  
pagdurusa, sapagkat ang kaluluwa ko’y sinaktan sa  
pinakamasidhing sakit at giniyagis ng lahat ng aking  
kasalanan.
- 13 Oo, naalaala ko ang lahat ng aking kasalanan at  
mga kasamaan, kung saan ako’y pinarusahan ng  
mga pasakit ng impiyerno; oo, nakita ko na ako’y  
naghimagsik laban sa aking Diyos, at na hindi ko  
sinunod ang kanyang mga banal na kautusan.
- 14 Oo, at pinaslang ko ang marami sa kanyang mga  
anak, o sa madaling salita, inakay silang palayo  
tungo sa pagkawasak; oo, at sa lalong maliwanag  
naging labis ang aking kasamaan, na ang isipin  
lamang na magtungo sa kinaroroonan ng aking  
Diyos ay giniyagis ang aking kaluluwa ng hindi  
maipaliwanag na masidhing takot.
- 15 O, naisip ko, kung maaari lamang na ako ay  
itakwil at mawasak kapwa kaluluwa at katawan,  
upang hindi ako madalang tumayo sa harapan ng  
aking Diyos, upang hatulan sa aking mga gawa.
- 16 At ngayon, sa loob ng tatlong araw at tatlong gabi  
ako ay giniyagis, maging ng mga pasakit ng isang  
isinumpang kaluluwa.

But behold, the voice said unto me: Arise. And I  
arose and stood up, and beheld the angel.

And he said unto me: If thou wilt of thyself be de-  
stroyed, seek no more to destroy the church of God.

And it came to pass that I fell to the earth; and it  
was for the space of three days and three nights that I  
could not open my mouth, neither had I the use of  
my limbs.

And the angel spake more things unto me, which  
were heard by my brethren, but I did not hear them;  
for when I heard the words—If thou wilt be de-  
stroyed of thyself, seek no more to destroy the  
church of God—I was struck with such great fear and  
amazement lest perhaps I should be destroyed, that I  
fell to the earth and I did hear no more.

But I was racked with eternal torment, for my soul  
was harrowed up to the greatest degree and racked  
with all my sins.

Yea, I did remember all my sins and iniquities, for  
which I was tormented with the pains of hell; yea, I  
saw that I had rebelled against my God, and that I  
had not kept his holy commandments.

Yea, and I had murdered many of his children, or  
rather led them away unto destruction; yea, and in  
fine so great had been my iniquities, that the very  
thought of coming into the presence of my God did  
rack my soul with inexpressible horror.

Oh, thought I, that I could be banished and be-  
come extinct both soul and body, that I might not be  
brought to stand in the presence of my God, to be  
judged of my deeds.

And now, for three days and for three nights was I  
racked, even with the pains of a damned soul.

- 17 At ito ay nangyari na, na habang ako'y nasa gayong paggiyagis ng pagdurusa, samantalang ako'y sinasaktan ng alaala ng marami kong kasalanan, masdan, naalaala ko ring narinig ang aking ama na nagpropesiya sa mga tao hinggil sa pagparito ng isang Jesucristo, isang Anak ng Diyos, na magbabayad-sala para sa mga kasalanan ng sanlibutan.
- 18 Ngayon, nang maapuhap ng aking isipan ang kaisipang ito, nagsumamo ako sa aking puso: O Jesus, ikaw na Anak ng Diyos, kaawaan ako, na nasa kasukdulan ng kapaitan, at napalilibutan ng walang hanggang tanikala ng kamatayan.
- 19 At ngayon, masdan, nang maisip ko ito, hindi ko na naalaala pa ang aking mga pasakit; oo, hindi na ako sinaktan pa ng alaala ng aking mga kasalanan.
- 20 At o, anong galak, at anong kagila-gilalas na liwanag ang namasdan ko; oo, ang kaluluwa ko'y napuspos ng kagalakan na kasingsidhi ng aking pasakit!
- 21 Oo, sinasabi ko sa iyo, anak ko, na walang ano mang bagay ang kasinghapdi at kasingpait ng aking mga pasakit. Oo, at muli sinasabi ko sa iyo, anak ko, na sa kabilang dako, walang ano mang bagay ang kasingganda at kasingtamis ng aking kagalakan.
- 22 Oo, inakala kong nakita ko, maging tulad ng nakita ng ating amang si Lehi, ang Diyos na nakaupo sa kanyang trono, napaliligiran ng di mabilang na lipumpon ng mga anghel, nasa ayos ng pag-awit at pagpupuri sa kanilang Diyos; oo, at ang aking kaluluwa ay nag-asam na maparoon.
- 23 Subalit masdan, muling nanumbalik sa aking mga paa ang kanilang lakas, at tumayo ako sa aking mga paa, at ipinahayag sa mga tao na ako ay isinilang sa Diyos.
- 24 Oo, at magmula noon maging hanggang sa ngayon, ako'y gumawa nang walang tigil, upang makapagdala ako ng mga kaluluwa tungo sa pagsisisi; upang sila'y madala ko na makatikim ng labis na kagalakan na aking natikman; upang sila rin ay isilang sa Diyos, at mapuspos ng Espiritu Santo.
- 25 Oo, at ngayon masdan, O anak ko, binigyan ako ng Panginoon ng labis na kagalakan sa bunga ng aking mga pagpapagal;

And it came to pass that as I was thus racked with torment, while I was harrowed up by the memory of my many sins, behold, I remembered also to have heard my father prophesy unto the people concerning the coming of one Jesus Christ, a Son of God, to atone for the sins of the world.

Now, as my mind caught hold upon this thought, I cried within my heart: O Jesus, thou Son of God, have mercy on me, who am in the gall of bitterness, and am encircled about by the everlasting chains of death.

And now, behold, when I thought this, I could remember my pains no more; yea, I was harrowed up by the memory of my sins no more.

And oh, what joy, and what marvelous light I did behold; yea, my soul was filled with joy as exceeding as was my pain!

Yea, I say unto you, my son, that there could be nothing so exquisite and so bitter as were my pains. Yea, and again I say unto you, my son, that on the other hand, there can be nothing so exquisite and sweet as was my joy.

Yea, methought I saw, even as our father Lehi saw, God sitting upon his throne, surrounded with numberless concourses of angels, in the attitude of singing and praising their God; yea, and my soul did long to be there.

But behold, my limbs did receive their strength again, and I stood upon my feet, and did manifest unto the people that I had been born of God.

Yea, and from that time even until now, I have labored without ceasing, that I might bring souls unto repentance; that I might bring them to taste of the exceeding joy of which I did taste; that they might also be born of God, and be filled with the Holy Ghost.

Yea, and now behold, O my son, the Lord doth give me exceedingly great joy in the fruit of my labors;

- 26 Sapagkat dahil sa salitang ibinahagi niya sa akin, masdan, marami ang isinilang sa Diyos, at nakatikim tulad ng natikman ko, at nakakita nang mata sa mata tulad ng nakita ko; anupa't nalalaman nila ang mga bagay na ito na sinasabi ko, tulad ng pagkaalam ko; at ang kaalamang taglay ko ay sa Diyos.
- 27 At ako'y tinulungan sa ilalim ng mga pagsubok at suliranin ng lahat ng uri, oo, at sa lahat ng uri ng paghihirap; oo, pinalaya ako ng Diyos mula sa bilangguan, at mula sa mga gapos, at mula sa kamatayan; oo, at ibinibigay ko ang aking tiwala sa kanya, at ako'y patuloy niyang ililigtas.
- 28 At nalalaman ko na ako'y kanyang ibabangon sa huling araw, upang manahanang kasama niya sa kaluwalhatian; oo, at pupurihin ko siya magpakailanman, sapagkat inilabas niya ang ating mga ama sa Egipto, at ipinalamon niya ang mga taga-Egipto sa Dagat na Pula; at kanyang inakay sila ng kanyang kapangyarihan tungo sa lupang pangako; oo, at kanyang pinalaya sila mula sa pagkaalipin at pagkabiha sa pana-panahon.
- 29 Oo, at inilabas din niya ang ating mga ama sa lupain ng Jerusalem; at pinalaya rin niya sila, sa pamamagitan ng kanyang walang hanggang kapangyarihan, sa pagkaalipin at pagkabiha, sa pana-panahon, maging hanggang sa ngayon; at parati kong pinananatili sa aking alaala ang kanilang naging pagkabiha; oo, nararapat mo ring panatilihin sa alaala, tulad ng ginawa ko, ang kanilang naging pagkabiha.
- 30 Subalit masdan, anak ko, hindi lamang ito; sapagkat nararapat mong malaman na tulad ko, na habang sinusunod mo ang mga kautusan ng Diyos ikaw ay uunlad sa lupain; at nararapat mo ring malaman, na habang hindi mo sinusunod ang mga kautusan ng Diyos ikaw ay itatakwil mula sa kanyang harapan. Ngayon, ito ay ayon sa kanyang salita.

For because of the word which he has imparted unto me, behold, many have been born of God, and have tasted as I have tasted, and have seen eye to eye as I have seen; therefore they do know of these things of which I have spoken, as I do know; and the knowledge which I have is of God.

And I have been supported under trials and troubles of every kind, yea, and in all manner of afflictions; yea, God has delivered me from prison, and from bonds, and from death; yea, and I do put my trust in him, and he will still deliver me.

And I know that he will raise me up at the last day, to dwell with him in glory; yea, and I will praise him forever, for he has brought our fathers out of Egypt, and he has swallowed up the Egyptians in the Red Sea; and he led them by his power into the promised land; yea, and he has delivered them out of bondage and captivity from time to time.

Yea, and he has also brought our fathers out of the land of Jerusalem; and he has also, by his everlasting power, delivered them out of bondage and captivity, from time to time even down to the present day; and I have always retained in remembrance their captivity; yea, and ye also ought to retain in remembrance, as I have done, their captivity.

But behold, my son, this is not all; for ye ought to know as I do know, that inasmuch as ye shall keep the commandments of God ye shall prosper in the land; and ye ought to know also, that inasmuch as ye will not keep the commandments of God ye shall be cut off from his presence. Now this is according to his word.

## Alma 37

- 1 At ngayon, anak kong Helaman, inuutusan kitang kunin mo ang mga talaang ipinagkatiwala sa akin;
- 2 At inuutusan din kita na mag-ingat ng isang talaan ng mga taong ito, tulad ng ginawa ko, sa mga lamina ni Nephi, at panatilihing banal ang lahat ng bagay na ito na aking iningatan, maging tulad ng pag-iingat ko sa mga ito; sapagkat ang mga ito ay iniingatan para sa isang matalinong layunin.
- 3 At ang mga laminang tansong ito, na naglalaman ng mga inukit na ito, na naglalaman ng mga talaan ng mga banal na kasulatan sa mga yaon, na naglalaman ng talaangkanan ng ating mga ninuno, maging mula pa sa simula—
- 4 Masdan, iprinopesiya ng ating mga ama, na ang mga ito ay iingatan at ipapasa-pasa sa bawat salit salinlahi, at iingatan at pangangalagaan ng kamay ng Panginoon hanggang sa ang mga ito ay maipahayag sa lahat ng bansa, lahi, wika, at tao, upang malaman nila ang mga hiwagang nilalaman niyon.
- 5 At ngayon masdan, kung iingatan ang mga ito ay kinakailangang mapanatili nito ang kanilang kinang; oo, at mapananatili ng mga ito ang kanilang kinang; oo, at gayon din ang lahat ng laminang naglalaman ng yaong banal na kasulatan.
- 6 Ngayon, maaaring akalain mo na ito ay kahangalan sa akin; subalit masdan sinasabi ko sa iyo, na sa pamamagitan ng maliliit at mga karaniwang bagay ay naisasakatuparan ang mga dakilang bagay; at sa maliliit na pamamaraan sa maraming pagkakataon ay lumilito sa marurunong.
- 7 At ang Panginoong Diyos ay nagsasagawa ng mga pamamaraan upang isakatuparan ang kanyang dakila at mga walang hanggang layunin; at sa pamamagitan ng napakaliit na pamamaraan ay nililito ng Panginoon ang marurunong at isinasakatuparan ang kaligtasan ng maraming tao.
- 8 At ngayon, sa simula pa ay karunungan na ito sa Diyos na ang mga bagay na ito ay pangalagaan; sapagkat masdan, pinalawak ng mga ito ang kaalaman ng mga taong ito, oo, at napaniwala ang marami sa kamalian ng kanilang mga gawain, at sila'y dinala sa kaalaman ng kanilang Diyos tungo sa kaligtasan ng kanilang mga kaluluwa.

## Alma 37

And now, my son Helaman, I command you that ye take the records which have been entrusted with me;

And I also command you that ye keep a record of this people, according as I have done, upon the plates of Nephi, and keep all these things sacred which I have kept, even as I have kept them; for it is for a wise purpose that they are kept.

And these plates of brass, which contain these engravings, which have the records of the holy scriptures upon them, which have the genealogy of our forefathers, even from the beginning—

Behold, it has been prophesied by our fathers, that they should be kept and handed down from one generation to another, and be kept and preserved by the hand of the Lord until they should go forth unto every nation, kindred, tongue, and people, that they shall know of the mysteries contained thereon.

And now behold, if they are kept they must retain their brightness; yea, and they will retain their brightness; yea, and also shall all the plates which do contain that which is holy writ.

Now ye may suppose that this is foolishness in me; but behold I say unto you, that by small and simple things are great things brought to pass; and small means in many instances doth confound the wise.

And the Lord God doth work by means to bring about his great and eternal purposes; and by very small means the Lord doth confound the wise and bringeth about the salvation of many souls.

And now, it has hitherto been wisdom in God that these things should be preserved; for behold, they have enlarged the memory of this people, yea, and convinced many of the error of their ways, and brought them to the knowledge of their God unto the salvation of their souls.

9 Oo, sinasabi ko sa iyo, kung hindi dahil sa mga bagay na ito na nilalaman ng mga talaang ito, na nasa mga laminang ito, ay hindi sana napaniwala ni Ammon at ng kanyang mga kapatid ang napakaraming libu-libo sa mga Lamanita sa kamalian ng kaugalian ng kanilang mga ama; oo, ang mga talaang ito at ang mga salita nito ang nagdala sa kanila sa pagsisisi; ibig sabihin, sila ay dinala ng mga ito sa kaalaman ng Panginoon nilang Diyos, at upang magsaya kay Jesucristo na kanilang Manunubos.

10 At sino ang nakaalam na hindi sila ang magiging daan sa pagdadala ng napakaraming libu-libo sa kanila, oo, at marami rin sa libu-libo nating mga kapatid na matitigas ang leeg, ang mga Nephita, na ngayon ay pinatitigas ang kanilang mga puso sa kasalanan at mga kasamaan, sa kaalaman ng kanilang Manunubos?

11 Ngayon, ang mga hiwagang ito ay hindi pa ganap na ipinaalam sa akin; kaya nga, ako ay magpipigil.

12 At makasasapat na kung sasabihin ko lamang na ang mga ito ay pinangangalagaan dahil sa isang matalinong layunin, kung aling layunin ay nalalaman ng Diyos; sapagkat siya ay nagpapayo sa karunungan sa lahat ng kanyang nilikha, at ang kanyang mga landas ay tuwid, at ang kanyang mga hakbangin ay isang walang hanggang pag-ikot.

13 O pakatandaan, pakatandaan, anak kong Helaman, kung gaano kahigpit ang mga kautusan ng Diyos. At sinabi niya: Kung susundin ninyo ang aking mga kautusan kayo ay uunlad sa lupain—subalit kung hindi ninyo susundin ang kanyang mga kautusan kayo ay itatakwil mula sa kanyang harapan.

14 At ngayon tandaan, anak ko, na ipinagkatiwala ng Diyos sa iyo ang mga bagay na ito, na mga banal, na pinanatili niyang banal, at kanya ring iingat at pangangalagaan para sa isang matalinong layunin sa kanya, upang maipakita niya ang kanyang kapangyarihan sa mga darating na salinlahi.

Yea, I say unto you, were it not for these things that these records do contain, which are on these plates, Ammon and his brethren could not have convinced so many thousands of the Lamanites of the incorrect tradition of their fathers; yea, these records and their words brought them unto repentance; that is, they brought them to the knowledge of the Lord their God, and to rejoice in Jesus Christ their Redeemer.

And who knoweth but what they will be the means of bringing many thousands of them, yea, and also many thousands of our stiffnecked brethren, the Nephites, who are now hardening their hearts in sin and iniquities, to the knowledge of their Redeemer?

Now these mysteries are not yet fully made known unto me; therefore I shall forbear.

And it may suffice if I only say they are preserved for a wise purpose, which purpose is known unto God; for he doth counsel in wisdom over all his works, and his paths are straight, and his course is one eternal round.

O remember, remember, my son Helaman, how strict are the commandments of God. And he said: If ye will keep my commandments ye shall prosper in the land—but if ye keep not his commandments ye shall be cut off from his presence.

And now remember, my son, that God has entrusted you with these things, which are sacred, which he has kept sacred, and also which he will keep and preserve for a wise purpose in him, that he may show forth his power unto future generations.

- 15 At ngayon masdan, sinasabi ko sa iyo sa pamamagitan ng diwa ng propesiya, na kung ikaw ay lalabag sa mga kautusan ng Diyos, masdan, ang mga banal na bagay na ito ay kukunin mula sa iyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, at ipaubaya ka kay Satanas, upang salain ka niya na tulad ng ipa sa hangin.
- 16 Subalit kung susundin mo ang mga kautusan ng Diyos, at gawin sa mga banal na bagay na ito ang naaalinsunod sa iniutos sa iyo ng Panginoon, (sapagkat kinakailangan kang magsumamo sa Panginoon para sa lahat ng bagay ano man ang kinakailangan mong gawin sa mga ito) masdan, walang kapangyarihan sa lupa o impiyerno ang makakukuha sa mga ito mula sa iyo, sapagkat ang Diyos ay makapangyarihan tungo sa katuparan ng lahat ng kanyang salita.
- 17 Sapagkat tutuparin niya ang lahat ng kanyang pangako na gagawin niya sa iyo, sapagkat tinupad niya ang kanyang mga pangakong ginawa niya sa ating mga ama.
- 18 Sapagkat siya ay nangako sa kanila na kanyang pangangalagaan ang mga bagay na ito para sa isang matalinong layunin sa kanya, upang maipakita niya ang kanyang kapangyarihan sa mga darating na salinlahi.
- 19 At ngayon masdan, isang layunin ang tinupad na niya, maging sa pagpapanumbalik sa maraming libu-libong Lamanita sa kaalaman ng katotohanan; at ipinakita niya ang kanyang kapangyarihan sa kanila, at kanya pa ring ipakikita ang kanyang kapangyarihan sa kanila hanggang sa mga darating na salinlahi; anupa't ang mga ito ay pangangalagaan.
- 20 Kaya nga inuutos ko sa iyo, anak kong Helaman, na maging masigasig ka sa pagtupad sa lahat ng aking mga salita, at na maging masigasig ka sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos na tulad ng nasusulat.

And now behold, I tell you by the spirit of prophecy, that if ye transgress the commandments of God, behold, these things which are sacred shall be taken away from you by the power of God, and ye shall be delivered up unto Satan, that he may sift you as chaff before the wind.

But if ye keep the commandments of God, and do with these things which are sacred according to that which the Lord doth command you, (for you must appeal unto the Lord for all things whatsoever ye must do with them) behold, no power of earth or hell can take them from you, for God is powerful to the fulfilling of all his words.

For he will fulfil all his promises which he shall make unto you, for he has fulfilled his promises which he has made unto our fathers.

For he promised unto them that he would preserve these things for a wise purpose in him, that he might show forth his power unto future generations.

And now behold, one purpose hath he fulfilled, even to the restoration of many thousands of the Lamanites to the knowledge of the truth; and he hath shown forth his power in them, and he will also still show forth his power in them unto future generations; therefore they shall be preserved.

Therefore I command you, my son Helaman, that ye be diligent in fulfilling all my words, and that ye be diligent in keeping the commandments of God as they are written.

- 21 At ngayon, mangungusap ako sa iyo hinggil sa mga yaong dalawampu't apat na lamina, na ingatan mo ang mga ito, upang ang mga hiwaga at ang mga gawain ng kadiliman, at kanilang mga lihim na gawain, o ang mga lihim na gawain ng mga yaong taong nalipol, ay maipaalam sa mga taong ito; oo, lahat ng kanilang pagpaslang, at panloloob, at kanilang mga pandarambong, at lahat ng kanilang mga kasamaan at karumal-dumal na gawain, ay maipaalam sa mga taong ito; oo, at na pangalagaan mo ang mga kasangkapang ito ng pagsasalin.
- 22 Sapagkat masdan, nakita ng Panginoon na ang kanyang mga tao ay nagsisimulang gumawa sa kadiliman, oo, gumagawa ng mga lihim na pagpaslang at karumal-dumal na gawain; kung kaya nga't sinabi ng Panginoon, kung hindi sila magsisisi sila'y lilipulin mula sa balat ng lupa.
- 23 At sinabi ng Panginoon: Ihahanda ko para sa aking lingkod na si Gaselim, ang isang bato, na kikinang sa kadiliman tungo sa liwanag, upang maisiwalat ko sa aking mga tao na naglilingkod sa akin, upang maisiwalat ko sa kanila ang mga gawain ng kanilang mga kapatid, oo, ang kanilang mga lihim na gawain, ang kanilang mga gawain ng kadiliman, ang kanilang kasamaan at mga karumal-dumal na gawain.
- 24 At ngayon, anak ko, ang mga kasangkapang ito sa pagsasalin ay inihanda upang ang salita ng Diyos ay matupad, na sinabi niya, sinasabing:
- 25 Ilalabas ko sa kadiliman tungo sa liwanag ang lahat ng kanilang mga lihim na gawain at kanilang karumal-dumal na gawain; at maliban kung sila'y magsisisi na lilipulin ko sila mula sa balat ng lupa; at dadalhin ko sa liwanag ang lahat ng kanilang mga lihim at karumal-dumal na gawain, sa lahat ng bansa na magmula ngayon ay magmamay-ari ng lupain.
- 26 At ngayon, anak ko, nakikita natin na hindi sila nagsisi; kung kaya nga't nalipol sila, at sa gayon ang salita ng Diyos ay natupad; oo, ang kanilang mga lihim na karumal-dumal na gawain ay inilabas sa kadiliman at ipinaalam sa atin.

And now, I will speak unto you concerning those twenty-four plates, that ye keep them, that the mysteries and the works of darkness, and their secret works, or the secret works of those people who have been destroyed, may be made manifest unto this people; yea, all their murders, and robbings, and their plunderings, and all their wickedness and abominations, may be made manifest unto this people; yea, and that ye preserve these interpreters.

For behold, the Lord saw that his people began to work in darkness, yea, work secret murders and abominations; therefore the Lord said, if they did not repent they should be destroyed from off the face of the earth.

And the Lord said: I will prepare unto my servant Gazelem, a stone, which shall shine forth in darkness unto light, that I may discover unto my people who serve me, that I may discover unto them the works of their brethren, yea, their secret works, their works of darkness, and their wickedness and abominations.

And now, my son, these interpreters were prepared that the word of God might be fulfilled, which he spake, saying:

I will bring forth out of darkness unto light all their secret works and their abominations; and except they repent I will destroy them from off the face of the earth; and I will bring to light all their secrets and abominations, unto every nation that shall hereafter possess the land.

And now, my son, we see that they did not repent; therefore they have been destroyed, and thus far the word of God has been fulfilled; yea, their secret abominations have been brought out of darkness and made known unto us.



- 27 At ngayon, anak ko, iniutos ko sa iyong ilihim mo ang lahat ng kanilang mga sumpa, at kanilang mga tipan, at kanilang mga kasunduan sa kanilang mga lihim na karumal-dumal na gawain; oo, at lahat ng kanilang senyas at kanilang mga kababalaghan ay ilihim mo mula sa mga taong ito, upang hindi nila malaman ang mga ito, na baka sila ay masadlak din sa kadiliman at malipol.
- 28 Sapagkat masdan, may sumpa sa buong lupaing ito, na ang pagkalipol ay sasapit sa lahat ng yaong manggagawa ng kadiliman, alinsunod sa kapangyarihan ng Diyos, kapag sila ay ganap nang hinog; samakatwid nais ko na ang mga taong ito ay hindi malipol.
- 29 Kaya nga ilihim mo ang mga lihim na plano na ito ng kanilang mga sumpa at tipan mula sa mga taong ito, at yaon lamang kanilang kasamaan at kanilang mga pagpaslang at kanilang mga karumal-dumal na gawain ang iyong ipaalam sa kanila; at turuan mo silang mapoot sa mga gayong kasamaan at mga karumal-dumal na gawain at pagpaslang; at ituturo mo rin sa kanila na ang mga taong ito ay nalipol dahil sa kanilang kasamaan at mga karumal-dumal na gawain at kanilang mga pagpaslang.
- 30 Sapagkat masdan, kanilang pinaslang ang lahat ng propeta ng Panginoon na dumating sa kanila upang ipahayag sa kanila ang hinggil sa kanilang mga kasamaan; at ang dugo ng mga yaong kanilang pinaslang ay dumaing sa Panginoon nilang Diyos upang maghiganti sa mga yaong kanilang mamamatay; at sa gayon ang mga kahatulan ng Diyos ay sumapit sa mga manggagawang ito ng kadiliman at lihim na pagsasabwatan.
- 31 Oo, at sumpain nawa ang lupain magpakailanman sa mga yaong manggagawa ng kadiliman at sa mga lihim na pagsasabwatan, maging hanggang sa pagkalipol, maliban kung sila ay magsisisi bago sila ganap na mahinog.
- 32 At ngayon, anak ko, tandaan ang mga salitang sinabi ko sa iyo; huwag ipagkatiwala yaong mga lihim na plano sa mga taong ito, sa halip ituro sa kanila ang walang hanggang pagkapoot laban sa kasalanan at kasamaan.

And now, my son, I command you that ye retain all their oaths, and their covenants, and their agreements in their secret abominations; yea, and all their signs and their wonders ye shall keep from this people, that they know them not, lest peradventure they should fall into darkness also and be destroyed.

For behold, there is a curse upon all this land, that destruction shall come upon all those workers of darkness, according to the power of God, when they are fully ripe; therefore I desire that this people might not be destroyed.

Therefore ye shall keep these secret plans of their oaths and their covenants from this people, and only their wickedness and their murders and their abominations shall ye make known unto them; and ye shall teach them to abhor such wickedness and abominations and murders; and ye shall also teach them that these people were destroyed on account of their wickedness and abominations and their murders.

For behold, they murdered all the prophets of the Lord who came among them to declare unto them concerning their iniquities; and the blood of those whom they murdered did cry unto the Lord their God for vengeance upon those who were their murderers; and thus the judgments of God did come upon these workers of darkness and secret combinations.

Yea, and cursed be the land forever and ever unto those workers of darkness and secret combinations, even unto destruction, except they repent before they are fully ripe.

And now, my son, remember the words which I have spoken unto you; trust not those secret plans unto this people, but teach them an everlasting hatred against sin and iniquity.

- 33 Ipangaral sa kanila ang pagsisisi, at pananampalataya sa Panginoong Jesucristo; turuan silang magpakumbaba ng kanilang sarili at maging maamo at mapagpakumbaba sa puso; turuan silang paglabanan ang bawat tukso ng diyablo sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo.
- 34 Turuan silang kailanma'y huwag manghinawa sa mabubuting gawa, kundi maging maamo at magpakumbaba sa puso; sapagkat ang gayon ay makasusumpung ng kapahingahan sa kanilang mga kaluluwa.
- 35 O, pakatandaan, anak ko, at matuto ng karunungan sa iyong kabataan; oo, matuto sa iyong kabataan na sumunod sa mga kautusan ng Diyos.
- 36 Oo, at magsumamo sa Diyos para sa lahat ng iyong pangangailangan; oo, hayaang ang lahat ng iyong gawain ay para sa Panginoon, at saan ka man magtungo ay hayaang sa Panginoon; oo, lahat ng iyong nasasaisip ay ituon sa Panginoon; oo, ang pagmamahal sa iyong puso ay mapasa-Panginoon magpakailanman.
- 37 Makipagsanggunian sa Panginoon sa lahat ng iyong mga gawain, at gagabayan ka niya sa kabutihan; oo, kapag ikaw ay nahiga sa gabi, mahiga sa Panginoon, upang mabantayan ka niya sa iyong pagtulog; at kapag ikaw ay bumangon sa umaga hayaang ang iyong puso ay mapuspos ng pasasalamat sa Diyos; at kung gagawin mo ang mga bagay na ito, ikaw ay dadakilain sa huling araw.
- 38 At ngayon, anak ko, ako ay may sasabihin kahit paano hinggil sa bagay na tinatawag ng ating mga ama na isang bola, o tagagabay—o kung tawagin ito ng ating mga ama ay Liahona, na sa pagkakasalin, ay isang aguhon; at inihanda ito ng Panginoon.
- 39 At masdan, walang sino mang tao ang maaaring makagawa alinsunod sa kahanga-hangang pagkakagawa nito. At masdan, ito ay inihanda upang ipakita sa ating mga ama ang daan kung saan sila nararapat maglakbay sa ilang.

Preach unto them repentance, and faith on the Lord Jesus Christ; teach them to humble themselves and to be meek and lowly in heart; teach them to withstand every temptation of the devil, with their faith on the Lord Jesus Christ.

Teach them to never be weary of good works, but to be meek and lowly in heart; for such shall find rest to their souls.

O, remember, my son, and learn wisdom in thy youth; yea, learn in thy youth to keep the commandments of God.

Yea, and cry unto God for all thy support; yea, let all thy doings be unto the Lord, and whithersoever thou goest let it be in the Lord; yea, let all thy thoughts be directed unto the Lord; yea, let the affections of thy heart be placed upon the Lord forever.

Counsel with the Lord in all thy doings, and he will direct thee for good; yea, when thou liest down at night lie down unto the Lord, that he may watch over you in your sleep; and when thou risest in the morning let thy heart be full of thanks unto God; and if ye do these things, ye shall be lifted up at the last day.

And now, my son, I have somewhat to say concerning the thing which our fathers call a ball, or director—or our fathers called it Liahona, which is, being interpreted, a compass; and the Lord prepared it.

And behold, there cannot any man work after the manner of so curious a workmanship. And behold, it was prepared to show unto our fathers the course which they should travel in the wilderness.

40 At kumilos ito para sa kanila alinsunod sa kanilang pananampalataya sa Diyos; kaya nga, kung sila ay may pananampalatayang maniwala na magagawa ng Diyos na ipaturo sa yaong mga ikiran ang daan na kanilang nararapat patunguhan, masdan, ito'y naganap; anupa't taglay nila ang himalang ito, at marami pa ring himala ang naisagawa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, sa araw-araw.

41 Gayon pa man, dahil sa mga yaong himalang nagawa sa maliit na pamamaraan na nagpakita ito sa kanila ng mga nakapanggigilalas na gawain. Sila ay naging mga tamad, at nakalimot na pairalin ang kanilang pananampalataya at pagiging masigasig at sa gayon tumigil yaong nakapanggigilalas na gawain, at hindi sila sumulong sa kanilang paglalakbay;

42 Kaya nga, sila ay namalagi sa ilang, o hindi nakapaglakbay sa isang tuwid na daan, at nagdanas ng gutom at uhaw, dahil sa kanilang mga pagkakasala.

43 At ngayon, anak ko, nais kong maunawaan mo na ang mga bagay na ito ay hindi sa walang kahalintulad; sapagkat yayamang naging tamad ang ating mga ama sa pagbibigay-pansin sa aguhong ito (ngayon, ang mga bagay na ito ay temporal) sila ay hindi umunlad; maging sa mga bagay na espirituwal.

44 Sapagkat masdan, kasindali ng pagbibigay-pansin sa salita ni Cristo, na magtuturo sa iyo sa tuwid na daan patungo sa walang hanggang kaligayahan, gayon din para sa ating mga ama na bigyang-pansin ang aguhong ito, na nagturo sa kanila sa tuwid na daan patungo sa lupang pangako.

45 At ngayon sinasabi ko, hindi ba't may pagkakahalintulad sa mga bagay na ito? Sapagkat kasintiyak na inakay ng tagagabay na ito ang ating mga ama, sa pamamagitan ng pagsunod sa pagkilos nito, patungo sa lupang pangako, na ang mga salita ni Cristo, kung susundin natin ang mga aral nito, ay dadalhin tayo sa kabila nitong lambak ng kalungkutan tungo sa higit na mainam na lupang pangako.

And it did work for them according to their faith in God; therefore, if they had faith to believe that God could cause that those spindles should point the way they should go, behold, it was done; therefore they had this miracle, and also many other miracles wrought by the power of God, day by day.

Nevertheless, because those miracles were worked by small means it did show unto them marvelous works. They were slothful, and forgot to exercise their faith and diligence and then those marvelous works ceased, and they did not progress in their journey;

Therefore, they tarried in the wilderness, or did not travel a direct course, and were afflicted with hunger and thirst, because of their transgressions.

And now, my son, I would that ye should understand that these things are not without a shadow; for as our fathers were slothful to give heed to this compass (now these things were temporal) they did not prosper; even so it is with things which are spiritual.

For behold, it is as easy to give heed to the word of Christ, which will point to you a straight course to eternal bliss, as it was for our fathers to give heed to this compass, which would point unto them a straight course to the promised land.

And now I say, is there not a type in this thing? For just as surely as this director did bring our fathers, by following its course, to the promised land, shall the words of Christ, if we follow their course, carry us beyond this vale of sorrow into a far better land of promise.

46 O anak ko, huwag tayong maging mga tamad dahil sa kadalihan ng daan; sapagkat gayon din ito sa ating mga ama; sapagkat sa gayon ito inihanda para sa kanila, na kung sila ay titingin ay mabubuhay sila; gayon din ito sa atin. Ang daan ay inihanda, at kung tayo ay titingin maaari tayong mabuhay magpakailanman.

47 At ngayon, anak ko, tiyaking pangangalagaan mo ang mga banal na bagay na ito, oo, tiyaking aasa ka sa Diyos at mabubuhay. Humayo sa mga taong ito at ipahayag ang salita, at maging mahinahon. Anak ko, paalam.

O my son, do not let us be slothful because of the easiness of the way; for so was it with our fathers; for so was it prepared for them, that if they would look they might live; even so it is with us. The way is prepared, and if we will look we may live forever.

And now, my son, see that ye take care of these sacred things, yea, see that ye look to God and live. Go unto this people and declare the word, and be sober. My son, farewell.

*Ang mga kautusan ni Alma sa kanyang anak na si Siblon.*

## Alma 38

- 1 Anak ko, pakinggan ang aking mga salita, sapagkat sinasabi ko sa iyo, maging tulad ng sinabi ko kay Helaman, na habang sinusunod mo ang mga kautusan ng Diyos ikaw ay uunlad sa lupain; at habang hindi mo sinusunod ang mga kautusan ng Diyos ikaw ay itatakwil mula sa kanyang harapan.
- 2 At ngayon, anak ko, ako ay nagtitiwalang magkakaroon ako ng labis na kagalakan sa iyo, dahil sa iyong katatagan at iyong katapatan sa Diyos; sapagkat nang magsimula kang umasa sa Panginoon mong Diyos sa iyong kabataan, maging sa ako'y umaasang magpapatuloy ka sa pagsunod sa kanyang mga kautusan; sapagkat pinagpala siya na makapagtitiis hanggang sa katapusan.
- 3 Sinasabi ko sa iyo, anak ko, na ako ay nagkaroon na ng labis na kagalakan sa iyo, dahil sa iyong katapatan at iyong pagkamasigasig, at iyong tiyaga at iyong mahabang pagtitiis sa mga tao ng mga Zoramita.
- 4 Sapagkat nalalaman kong ikaw ay iginapos; oo, at nalalaman ko ring pinagbabato ka dahil sa salita; at tiniis mo ang lahat ng bagay na ito nang may pagtitiyaga dahil sa kasama mo ang Panginoon; at ngayon nalalaman mong iniligtas ka ng Panginoon.
- 5 At ngayon anak ko, Siblon, nais kong pakatandaan mo, na habang ibinibigay mo ang iyong lubos na tiwala sa Diyos ikaw ay maliligtas mula sa iyong mga pagsubok, at iyong mga suliranin, at iyong mga paghihirap, at dadakilain ka sa huling araw.
- 6 Ngayon, anak ko, hindi ko nais na isipin mong nalalaman ko ang mga bagay na ito para sa aking sarili, kundi ito ang Espiritu ng Diyos na nasa akin na siyang nagbigay-alam ng mga bagay na ito sa akin; sapagkat kung hindi ako isinilang sa Diyos ay hindi ko sana nalaman ang mga bagay na ito.

*The commandments of Alma to his son Shiblon.*

## Alma 38

My son, give ear to my words, for I say unto you, even as I said unto Helaman, that inasmuch as ye shall keep the commandments of God ye shall prosper in the land; and inasmuch as ye will not keep the commandments of God ye shall be cut off from his presence.

And now, my son, I trust that I shall have great joy in you, because of your steadiness and your faithfulness unto God; for as you have commenced in your youth to look to the Lord your God, even so I hope that you will continue in keeping his commandments; for blessed is he that endureth to the end.

I say unto you, my son, that I have had great joy in thee already, because of thy faithfulness and thy diligence, and thy patience and thy long-suffering among the people of the Zoramites.

For I know that thou wast in bonds; yea, and I also know that thou wast stoned for the word's sake; and thou didst bear all these things with patience because the Lord was with thee; and now thou knowest that the Lord did deliver thee.

And now my son, Shiblon, I would that ye should remember, that as much as ye shall put your trust in God even so much ye shall be delivered out of your trials, and your troubles, and your afflictions, and ye shall be lifted up at the last day.

Now, my son, I would not that ye should think that I know these things of myself, but it is the Spirit of God which is in me which maketh these things known unto me; for if I had not been born of God I should not have known these things.

- 7 Subalit masdan, ang Panginoon sa kanyang dakilang awa ay isinugo ang kanyang anghel upang ipahayag sa akin na kailangang itigil ko ang gawain ng pangwawasak sa kanyang mga tao; oo, at nakakita ako ng isang anghel nang harap-harapan, at siya ay nakipag-usap sa akin, at ang kanyang tinig ay tulad sa kulog, at niyanig nito ang buong lupa.
- 8 At ito ay nangyari na, na ako'y tatlong araw at tatlong gabing nasa pinakamapait na sakit at pagdurusa ng kaluluwa; at hindi kailanman, hanggang sa humingi ako ng awa sa Panginoong Jesucristo, na nakatanggap ako ng kapatawaran sa aking mga kasalanan. Subalit masdan, nagsumamo ako sa kanya at natagpuan ko ang kapayapaan sa aking kaluluwa.
- 9 At ngayon, anak ko, ito ay sinabi ko sa iyo upang ikaw ay matuto ng karunungan, nang matuto ka sa akin na walang ibang daan o pamamaraan upang maligtas ang tao, tanging kay at sa pamamagitan ni Cristo. Masdan, siya ang buhay at ang ilaw ng sanlibutan. Masdan, siya ang salita ng katotohanan at kabutihan.
- 10 At ngayon, sapagkat nagsimula ka nang ituro ang salita maging sa nais kong magpatuloy ka sa pagtuturo; at nais kong maging masigasig at mahinahon ka sa lahat ng bagay.
- 11 Tiyaking hindi ka inaangat sa kapalaluan; oo, tiyaking hindi ka nagmamalaki sa iyong sariling karunungan, ni sa iyong labis na lakas.
- 12 Gumamit ng katapangan, subalit hindi mapanupil; at tiyakin ding pigilin ang lahat ng iyong silakbo ng damdamin; upang mapuspos ka ng pagmamahal; tiyaking nagpipigil ka mula sa katamaran.
- 13 Huwag manalanging tulad ng ginagawa ng mga Zoramita, sapagkat nakita mong sila ay nananalangin upang marinig ng mga tao, at purihin dahil sa kanilang karunungan.
- 14 Huwag sabihin: O Diyos, ako ay nagpapasalamat sa inyo na higit kaming mabubuti kaysa sa aming mga kapatid; kundi sabihin: O Panginoon, patawarin ang aking pagiging hindi karapat-dapat, at alalahaning kaawaan ang aking mga kapatid—oo, kilalanin ang iyong pagiging hindi karapat-dapat sa harapan ng Diyos sa lahat ng panahon.

But behold, the Lord in his great mercy sent his angel to declare unto me that I must stop the work of destruction among his people; yea, and I have seen an angel face to face, and he spake with me, and his voice was as thunder, and it shook the whole earth.

And it came to pass that I was three days and three nights in the most bitter pain and anguish of soul; and never, until I did cry out unto the Lord Jesus Christ for mercy, did I receive a remission of my sins. But behold, I did cry unto him and I did find peace to my soul.

And now, my son, I have told you this that ye may learn wisdom, that ye may learn of me that there is no other way or means whereby man can be saved, only in and through Christ. Behold, he is the life and the light of the world. Behold, he is the word of truth and righteousness.

And now, as ye have begun to teach the word even so I would that ye should continue to teach; and I would that ye would be diligent and temperate in all things.

See that ye are not lifted up unto pride; yea, see that ye do not boast in your own wisdom, nor of your much strength.

Use boldness, but not overbearance; and also see that ye bridle all your passions, that ye may be filled with love; see that ye refrain from idleness.

Do not pray as the Zoramites do, for ye have seen that they pray to be heard of men, and to be praised for their wisdom.

Do not say: O God, I thank thee that we are better than our brethren; but rather say: O Lord, forgive my unworthiness, and remember my brethren in mercy—yea, acknowledge your unworthiness before God at all times.

15 At nawa'y pagpalain ng Panginoon ang iyong kaluluwa, at tanggapin ka sa huling araw sa kanyang kaharian, upang umupo sa kapayapaan. Ngayon humayo, anak ko, at ituro ang salita sa mga taong ito. Maging mahinahon. Anak ko, paalam.

And may the Lord bless your soul, and receive you at the last day into his kingdom, to sit down in peace. Now go, my son, and teach the word unto this people. Be sober. My son, farewell.

## Alma 39

- 1 At ngayon, aking anak na lalaki, kahit paano, ako ay may higit pang sasabihin sa iyo, kaysa sa sinabi ko sa iyong kapatid; sapagkat masdan, hindi mo ba napuna ang katatagan ng iyong kapatid, ang kanyang katapatan, at ang kanyang pagsusumigasig sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos? Masdan, siya ba ay hindi nagbigay ng magandang halimbawa sa iyo?
- 2 Sapagkat hindi mo binigyan ng higit na pansin ang aking mga salita, kagaya ng iyong kapatid, sa mga tao ng mga Zoramita. Ngayon, ito ang nasasaloob ko laban sa iyo; ikaw ay patuloy na nagmamalaki sa iyong lakas at sa iyong karunungan.
- 3 At hindi lamang ito, anak ko, iyong ginawa yaong nakasakit sa akin, sapagkat iyong tinalikuran ang ministeryo, at nagtungo sa lupain ng Siron sa mga hangganan ng mga Lamanita sa pagsunod sa patutot na si Isabel.
- 4 Oo, kanyang naakit ang mga puso ng marami; ngunit ito ay hindi sapat na dahilan para sa iyo, anak ko. Dapat na nagsilbi ka sa ministeryo na siyang ipinagkatiwala sa iyo.
- 5 Hindi mo ba alam, anak ko, na ang mga bagay na ito ay karumal-dumal sa paningin ng Panginoon; oo, pinakakarumal-dumal sa lahat ng kasalanan maliban sa pagpapadanak ng dugo ng walang malay o sa pagtatatwa sa Espiritu Santo?
- 6 Sapagkat masdan, kung iyong itatatwa ang Espiritu Santo na minsan ay nagkaroon ng puwang sa iyo, at alam mong itinatwa mo ito, masdan, ito ay isang kasalanang walang kapatawaran; oo, at ang sinumang pumaslang na salungat sa liwanag at kaalamang ibinigay ng Diyos, hindi magiging madali para sa kanya ang magkamit ng kapatawaran; oo, sinasabi ko sa iyo, aking anak, na hindi madali para sa kanya ang makatanggap ng kapatawaran.

## Alma 39

And now, my son, I have somewhat more to say unto thee than what I said unto thy brother; for behold, have ye not observed the steadiness of thy brother, his faithfulness, and his diligence in keeping the commandments of God? Behold, has he not set a good example for thee?

For thou didst not give so much heed unto my words as did thy brother, among the people of the Zoramites. Now this is what I have against thee; thou didst go on unto boasting in thy strength and thy wisdom.

And this is not all, my son. Thou didst do that which was grievous unto me; for thou didst forsake the ministry, and did go over into the land of Siron among the borders of the Lamanites, after the harlot Isabel.

Yea, she did steal away the hearts of many; but this was no excuse for thee, my son. Thou shouldst have tended to the ministry wherewith thou wast entrusted.

Know ye not, my son, that these things are an abomination in the sight of the Lord; yea, most abominable above all sins save it be the shedding of innocent blood or denying the Holy Ghost?

For behold, if ye deny the Holy Ghost when it once has had place in you, and ye know that ye deny it, behold, this is a sin which is unpardonable; yea, and whosoever murdereth against the light and knowledge of God, it is not easy for him to obtain forgiveness; yea, I say unto you, my son, that it is not easy for him to obtain a forgiveness.



- 7 At ngayon, anak ko, hinihiling ko sa Diyos na ikaw ay hindi sana nagkasala ng gayong kabigat na kasalanan. Hindi ko tutukuyin ang iyong mabibigat na kasalanan upang saktan ang iyong kaluluwa, kung ito ay hindi para sa iyong ikabubuti.
- 8 Ngunit masdan, hindi mo maaaring itago ang iyong mabibigat na kasalanan sa Diyos; at maliban kung ikaw ay magsisisi, ang mga ito ay tatayo bilang patotoo laban sa iyo sa huling araw.
- 9 Ngayon anak ko, nais ko na ikaw ay magsisi at talikuran ang iyong mga kasalanan, at huwag nang sundin pa ang pagnanasa ng iyong mga mata, kundi pigilin mo ang iyong sarili sa mga bagay na ito; sapagkat maliban kung gagawin mo ito ay hindi ka sa ano mang paraan magmamana ng kaharian ng Diyos. O, pakatandaan, at iyong isaloob, at pigilin ang iyong sarili sa lahat ng bagay na ito.
- 10 At iniutos ko sa iyo na iyong isaloob na sumangguni sa iyong mga nakatatandang kapatid sa iyong mga gawain; sapagkat masdan, ikaw ay nasa iyong kabataan, at ikaw ay nangangailangang alagaan ng iyong mga kapatid. At makinig ka sa kanilang mga payo.
- 11 Huwag pahintulutan ang iyong sarili na maakay sa anumang walang halaga o hangal na bagay; huwag pahintulutan na ang diyablo ay muling akayin ang iyong puso na humabol doon sa masasamang patutot. Masdan, o anak ko, anong laking kasamaan ang dinala mo sa mga Zoramita; sapagkat nang makita nila ang iyong inaasal ay hindi sila naniwala sa aking mga salita.
- 12 At ngayon, ang Espiritu ng Panginoon ay nagsalita sa akin: Utusan ang iyong mga anak na gumawa ng mabuti, at baka maakay nila ang mga puso ng maraming tao sa pagkawasak; kaya nga, iniutos ko sa iyo, anak ko, nang may takot sa Diyos, na ikaw ay tumigil sa iyong mga kasamaan;
- 13 Na ikaw ay bumaling sa Panginoon nang buong pag-iisip, kakayahan at lakas; na huwag mo nang akayin pa ang puso ng sinuman na gumawa ng kasamaan; sa halip, ikaw ay bumalik sa kanila, at kilalanin ang iyong mga pagkakasala at kamaliang iyong nagawa.
- 14 Huwag kang maghangad ng kayamanan ni ng mga walang kabuluhang bagay ng daigdig na ito; sapagkat masdan, hindi mo ito madadala.

And now, my son, I would to God that ye had not been guilty of so great a crime. I would not dwell upon your crimes, to harrow up your soul, if it were not for your good.

But behold, ye cannot hide your crimes from God; and except ye repent they will stand as a testimony against you at the last day.

Now my son, I would that ye should repent and forsake your sins, and go no more after the lusts of your eyes, but cross yourself in all these things; for except ye do this ye can in nowise inherit the kingdom of God. Oh, remember, and take it upon you, and cross yourself in these things.

And I command you to take it upon you to counsel with your elder brothers in your undertakings; for behold, thou art in thy youth, and ye stand in need to be nourished by your brothers. And give heed to their counsel.

Suffer not yourself to be led away by any vain or foolish thing; suffer not the devil to lead away your heart again after those wicked harlots. Behold, O my son, how great iniquity ye brought upon the Zoramites; for when they saw your conduct they would not believe in my words.

And now the Spirit of the Lord doth say unto me: Command thy children to do good, lest they lead away the hearts of many people to destruction; therefore I command you, my son, in the fear of God, that ye refrain from your iniquities;

That ye turn to the Lord with all your mind, might, and strength; that ye lead away the hearts of no more to do wickedly; but rather return unto them, and acknowledge your faults and that wrong which ye have done.

Seek not after riches nor the vain things of this world; for behold, you cannot carry them with you.

- 15 At ngayon, anak ko, mayroon akong sasabihin sa iyo kahit paano hinggil sa pagparito ni Cristo. Masdan, sinasabi ko sa iyo, na siya ang yaong tiyak na paparito upang alisin ang mga kasalanan ng sanlibutan; oo, siya ay paparito upang ipahayag ang masayang balita ng kaligtasan sa kanyang mga tao.
- 16 At ngayon, anak ko, ito ang ministryo kung saan ka tinawag, ang ipahayag ang masasayang balitang ito sa mga taong ito, upang ihanda ang kanilang mga isipan; o sa lalong maliwanag, upang ang kaligtasan ay mapasakanila, upang kanilang maihanda ang mga isipan ng kanilang mga anak na pakinggan ang salita sa panahon ng kanyang pagparito.
- 17 At ngayon pagagaanin ko kahit paano ang iyong isipan sa paksang ito. Masdan, ikaw ay nagtataka kung bakit ang mga bagay na ito ay kailangang ipaalam nang napakaaga sa simula pa man. Masdan, sinasabi ko sa iyo, hindi ba't ang isang kaluluwa sa panahong ito ay kasinghalaga sa Diyos kagaya rin ng isang kaluluwa sa panahon ng kanyang pagparito?
- 18 Hindi ba't kasingkailangan din na ang plano ng pagtubos ay maipaalam sa mga taong ito gayon din sa kanilang mga anak?
- 19 Hindi ba't kasindali rin sa panahong ito para sa Panginoon na isugo ang kanyang anghel upang ipahayag ang masayang balitang ito sa atin gayon din sa ating mga anak, o kagaya rin sa panahon ng kanyang pagparito?

And now, my son, I would say somewhat unto you concerning the coming of Christ. Behold, I say unto you, that it is he that surely shall come to take away the sins of the world; yea, he cometh to declare glad tidings of salvation unto his people.

And now, my son, this was the ministry unto which ye were called, to declare these glad tidings unto this people, to prepare their minds; or rather that salvation might come unto them, that they may prepare the minds of their children to hear the word at the time of his coming.

And now I will ease your mind somewhat on this subject. Behold, you marvel why these things should be known so long beforehand. Behold, I say unto you, is not a soul at this time as precious unto God as a soul will be at the time of his coming?

Is it not as necessary that the plan of redemption should be made known unto this people as well as unto their children?

Is it not as easy at this time for the Lord to send his angel to declare these glad tidings unto us as unto our children, or as after the time of his coming?

## Alma 40

- 1 Ngayon, anak ko, narito ang ilan pa sa nais kong sabihin sa iyo; sapagkat nahihiwatigan ko na ang iyong isip ay nababahala hinggil sa pagkabuhay na mag-uli ng mga patay.
- 2 Masdan, sinasabi ko sa iyo, na walang pagkabuhay na mag-uli—o, ang ibig kong sabihin, sa ibang salita, na ang may kamatayang buhay na ito ay hindi mabibihisan ng kawalang-kamatayan, ang may kabulukan ay hindi mabibihisan ng walang kabulukan—hanggang sa sumapit ang pagparito ni Cristo.
- 3 Masdan, kanyang pinapangyari ang pagkabuhay na mag-uli ng mga patay. Ngunit masdan, anak ko, ang pagkabuhay na mag-uli ay wala pa. Ngayon, ilalahad ko sa iyo ang isang hiwaga; gayunman, maraming hiwaga ang nakatago, at walang sinuman ang nakaaalam ng mga ito kundi ang Diyos lamang. Ngunit ipaaalam ko sa iyo ang isang bagay na masigasig kong itinanong sa Diyos upang aking malaman—yaon ay hinggil sa pagkabuhay na mag-uli.
- 4 Masdan, may isang panahong itinakda na ang lahat ay babangon mula sa patay. Ngayon, kung kailan darating ang panahong ito, walang sinuman ang nakaaalam; subalit alam ng Diyos ang panahong itinakda.
- 5 Ngayon, kung magkakaroon man ng isang pagkakataon, o pangalawang pagkakataon, o pangatlong pagkakataon, na ang mga tao ay magbabangon mula sa patay, ito ay hindi na mahalaga; sapagkat nalalaman ng Diyos ang lahat ng bagay na ito; at sapat na sa akin ang malamang ganito ang mangyayari—na may isang panahong itinakda na ang lahat ay magbabangon mula sa patay.
- 6 Ngayon, kailangang may agwat sa pagitan ng panahon ng kamatayan at sa panahon ng pagkabuhay na mag-uli.
- 7 At ngayon, ako ay magtatanong kung ano ang mangyayari sa mga kaluluwa ng tao mula sa panahon ng kamatayan hanggang sa panahong itinakda para sa pagkabuhay na mag-uli?

## Alma 40

Now my son, here is somewhat more I would say unto thee; for I perceive that thy mind is worried concerning the resurrection of the dead.

Behold, I say unto you, that there is no resurrection—or, I would say, in other words, that this mortal does not put on immortality, this corruption does not put on incorruption—until after the coming of Christ.

Behold, he bringeth to pass the resurrection of the dead. But behold, my son, the resurrection is not yet. Now, I unfold unto you a mystery; nevertheless, there are many mysteries which are kept, that no one knoweth them save God himself. But I show unto you one thing which I have inquired diligently of God that I might know—that is concerning the resurrection.

Behold, there is a time appointed that all shall come forth from the dead. Now when this time cometh no one knows; but God knoweth the time which is appointed.

Now, whether there shall be one time, or a second time, or a third time, that men shall come forth from the dead, it mattereth not; for God knoweth all these things; and it sufficeth me to know that this is the case—that there is a time appointed that all shall rise from the dead.

Now there must needs be a space betwixt the time of death and the time of the resurrection.

And now I would inquire what becometh of the souls of men from this time of death to the time appointed for the resurrection?

- 8 Ngayon, kung mayroon mang mahigit sa isang pagkakataong itinakda para sa mga tao na bumangon, ito ay hindi na mahalaga; sapagkat ang lahat ay hindi mamamatay nang sabay-sabay, at ito ay hindi na mahalaga; ang lahat ay isang araw sa Diyos, at ang panahon ay sa tao lamang sinusukat.
- 9 Samakatwid, may isang panahong itinakda sa mga tao na sila ay babangon mula sa patay; at may isang agwat sa pagitan ng panahon ng kamatayan at ng pagkabuhay na mag-uli. At ngayon, hinggil dito sa agwat ng panahon, kung ano ang mangyayari sa mga kaluluwa ng tao ang bagay na aking masigasig na itinanong sa Panginoon upang malaman; at ito ang bagay na aking nalalaman.
- 10 At kapag dumating ang panahon na ang lahat ay babangon, at saka nila malalaman na ang Diyos ang nakaaalam sa lahat ng panahong itinakda sa tao.
- 11 Ngayon, hinggil sa kalagayan ng kaluluwa sa pagitan ng kamatayan at ng pagkabuhay na mag-uli—Masdan, ipinaalam sa akin ng isang anghel, na ang espiritu ng lahat ng tao matapos na sila ay lumisan sa katawang mortal na ito, oo, ang espiritu ng lahat ng tao, maging sila man ay mabuti o masama, ay dadalhin pabalik sa Diyos na sa kanila ay nagbigay-buhay.
- 12 At sa gayon ito ay mangyayari na ang mga espiritu ng yaong mabubuti ay tatanggapin sa kalagayan ng kaligayahan, na tinatawag na paraiso, isang kalagayan ng pamamahinga, isang kalagayan ng kapayapaan, kung saan sila ay mamamahinga mula sa kanilang mga suliranin at sa lahat ng alalahanin at kalungkutan.
- 13 At sa gayon, ito ay mangyayari na ang mga espiritu ng makasalanan, oo, yaong masasama—sapagkat masdan, sila ay walang bahagi o kahati sa Espiritu ng Panginoon; sapagkat masdan, pinili nila ang masasamang gawain sa halip na mabuti; anupa't ang espiritu ng diyablo ay pumasok sa kanila, at inangkin ang kanilang tahanan—at sila ay itatapon sa labas na kadiliman; at magkakaroon ng pagtangis, at panaghoy, at pagngangalit ng mga ngipin, at ito ay dahil sa kanilang sariling kasamaan, palibhasa'y naakay sa pagkabihag ng kagustuhan ng diyablo.

Now whether there is more than one time appointed for men to rise it mattereth not; for all do not die at once, and this mattereth not; all is as one day with God, and time only is measured unto men.

Therefore, there is a time appointed unto men that they shall rise from the dead; and there is a space between the time of death and the resurrection. And now, concerning this space of time, what becometh of the souls of men is the thing which I have inquired diligently of the Lord to know; and this is the thing of which I do know.

And when the time cometh when all shall rise, then shall they know that God knoweth all the times which are appointed unto man.

Now, concerning the state of the soul between death and the resurrection—Behold, it has been made known unto me by an angel, that the spirits of all men, as soon as they are departed from this mortal body, yea, the spirits of all men, whether they be good or evil, are taken home to that God who gave them life.

And then shall it come to pass, that the spirits of those who are righteous are received into a state of happiness, which is called paradise, a state of rest, a state of peace, where they shall rest from all their troubles and from all care, and sorrow.

And then shall it come to pass, that the spirits of the wicked, yea, who are evil—for behold, they have no part nor portion of the Spirit of the Lord; for behold, they chose evil works rather than good; therefore the spirit of the devil did enter into them, and take possession of their house—and these shall be cast out into outer darkness; there shall be weeping, and wailing, and gnashing of teeth, and this because of their own iniquity, being led captive by the will of the devil.

- 14 Ngayon, ito ang kalagayan ng mga kaluluwa ng masasama, oo, sa kadiliman, at isang kalagayang kakila-kilabot, nahihintakutan ang anyo dahil sa nag-aapoy na pagngingitngit ng poot ng Diyos sa kanila; sa gayon sila mamamalagi sa ganitong kalagayan, gayundin ang mabubuti sa paraiso, hanggang sa panahon ng kanilang pagkabuhay na mag-uli.
- 15 Ngayon, may ilan na ang pagkakaunawa na itong kalagayan ng kaligayahan at itong kalagayan ng kalungkutan ng kaluluwa, bago ang pagkabuhay na mag-uli, ang siyang unang pagkabuhay na mag-uli. Oo, inaamin ko na ito ay maaaring taguriang pagkabuhay na mag-uli, ang pagbabangon ng espiritu o ng kaluluwa at ang kanilang pagkakatalaga sa kaligayahan o kalungkutan, ayon sa mga salitang winika.
- 16 At masdan, muli ito ang winika, na may unang pagkabuhay na mag-uli, isang pagkabuhay na mag-uli ng lahat ng nabuhay na noon, o ng mga nabubuhay ngayon, o ng mga mabubuhay pa lamang hanggang sa pagkabuhay na mag-uli ni Cristo mula sa patay.
- 17 Ngayon, hindi natin ipinalalagay na itong unang pagkabuhay na mag-uli, na winika sa ganitong paraan, ay maaaring ang pagkabuhay na mag-uli ng mga kaluluwa at ang kanilang pagkakatalaga sa kaligayahan o kalungkutan. Hindi mo maipalalagay na ito ang ibig sabihin nito.
- 18 Masdan, sinasabi ko sa iyo, Hindi; ngunit ang ibig sabihin nito ay muling pagsasanib ng kaluluwa sa katawan, ng mga yaong mula pa noong mga araw ni Adan hanggang sa pagkabuhay na mag-uli ni Cristo.
- 19 Ngayon, kung ang mga kaluluwa at katawan ng mga yaong nabanggit ay muling magsasama kaagad, ang masasama gayundin ang mabubuti, hindi ko sinasabi; maging sapat nang sinabi ko na silang lahat ay magbabangon, o sa ibang salita, ang kanilang pagkabuhay na mag-uli ay mangyayari bago ang pagkabuhay na mag-uli ng mga yaong nangamatay pagkaraan ng pagkabuhay na mag-uli ni Cristo.

Now this is the state of the souls of the wicked, yea, in darkness, and a state of awful, fearful looking for the fiery indignation of the wrath of God upon them; thus they remain in this state, as well as the righteous in paradise, until the time of their resurrection.

Now, there are some that have understood that this state of happiness and this state of misery of the soul, before the resurrection, was a first resurrection. Yea, I admit it may be termed a resurrection, the raising of the spirit or the soul and their consignation to happiness or misery, according to the words which have been spoken.

And behold, again it hath been spoken, that there is a first resurrection, a resurrection of all those who have been, or who are, or who shall be, down to the resurrection of Christ from the dead.

Now, we do not suppose that this first resurrection, which is spoken of in this manner, can be the resurrection of the souls and their consignation to happiness or misery. Ye cannot suppose that this is what it meaneth.

Behold, I say unto you, Nay; but it meaneth the reuniting of the soul with the body, of those from the days of Adam down to the resurrection of Christ.

Now, whether the souls and the bodies of those of whom has been spoken shall all be reunited at once, the wicked as well as the righteous, I do not say; let it suffice, that I say that they all come forth; or in other words, their resurrection cometh to pass before the resurrection of those who die after the resurrection of Christ.

- 20 Ngayon, anak ko, hindi ko sinasabi na ang kanilang pagkabuhay na mag-uli ay darating sa pagkabuhay na mag-uli ni Cristo; ngunit masdan, ibinigay ko ito bilang aking kuru-kuro, na ang mga kaluluwa at katawan ay muling magsasama, ang mabubuti, sa pagkabuhay na mag-uli ni Cristo, at sa kanyang pag-akyat sa langit.
- 21 Ngunit kung ito ay sa kanyang pagkabuhay na mag-uli o pagkatapos, hindi ko masasabi; kundi ito lamang ang aking masasabi, na may isang agwat sa pagitan ng kamatayan at ng pagkabuhay na mag-uli ng katawan, at ang kalagayan ng kaluluwa sa kaligayahan o sa kalungkutan hanggang sa panahong itinakda ng Diyos na ang mga patay ay magbabangon, at muling magsasama kapwa ang kaluluwa at katawan, at dadalhin upang tumayo sa harapan ng Diyos, at hahatulan alinsunod sa kanilang mga gawa.
- 22 Oo, rito mangyayari ang tungkol sa panunumbalik ng lahat ng bagay na sinabi ng mga bibig ng mga propeta.
- 23 Ang kaluluwa ay magbabalik sa katawan, at ang katawan sa kaluluwa; oo, at bawat biyas at kasukasuan ay magbabalik sa kanyang katawan; oo, maging isang buhok sa ulo ay hindi mawawala; kundi lahat ng bagay ay magbabalik sa kanilang wasto at ganap na anyo.
- 24 At ngayon, anak ko, ito ang panunumbalik na sinabi ng mga bibig ng mga propeta—
- 25 At sa gayon ang mabubuti ay magniningning sa kaharian ng Diyos.
- 26 Ngunit masdan, isang kakila-kilabot na kamatayan ang sasapit sa masasama; sapagkat sila ay mamamatay sa mga bagay na nauukol sa mga bagay ng kabutihan; sapagkat sila ay marurumi, at walang maruming bagay ang maaring magmana ng kaharian ng Diyos; kundi sila ay itatakwil, at itatadhanang makibahagi sa bunga ng kanilang mga pagpapagal at kanilang mga gawa, na naging masama; at kanilang iinumina ang latak sa isang mapait na saro.

Now, my son, I do not say that their resurrection cometh at the resurrection of Christ; but behold, I give it as my opinion, that the souls and the bodies are reunited, of the righteous, at the resurrection of Christ, and his ascension into heaven.

But whether it be at his resurrection or after, I do not say; but this much I say, that there is a space between death and the resurrection of the body, and a state of the soul in happiness or in misery until the time which is appointed of God that the dead shall come forth, and be reunited, both soul and body, and be brought to stand before God, and be judged according to their works.

Yea, this bringeth about the restoration of those things of which has been spoken by the mouths of the prophets.

The soul shall be restored to the body, and the body to the soul; yea, and every limb and joint shall be restored to its body; yea, even a hair of the head shall not be lost; but all things shall be restored to their proper and perfect frame.

And now, my son, this is the restoration of which has been spoken by the mouths of the prophets—

And then shall the righteous shine forth in the kingdom of God.

But behold, an awful death cometh upon the wicked; for they die as to things pertaining to things of righteousness; for they are unclean, and no unclean thing can inherit the kingdom of God; but they are cast out, and consigned to partake of the fruits of their labors or their works, which have been evil; and they drink the dregs of a bitter cup.

## Alma 41

- 1 At ngayon, anak ko, kahit paano ako ay may sasabihin hinggil sa panunumbalik na nasabi na; sapagkat masdan, sinalungat ng iba ang mga banal na kasulatan, at nangaligaw nang labis dahil sa bagay na ito. At nahihiwatigan ko na ang iyong isip ay nabalisa rin hinggil sa bagay na ito. Ngunit masdan, ito ay aking ipaliliwanag sa iyo.
- 2 Sinasabi ko sa iyo, anak ko, na ang plano ng panunumbalik ay hinihingi ng katarungan ng Diyos; sapagkat kinakailangan na ang lahat ng bagay ay manumbalik sa kanilang wastong kaayusan. Masdan, ito ay kinakailangan at makatarungan, alinsunod sa kapangyarihan at pagkabuhay na mag-uli ni Cristo, na ang kaluluwa ng tao ay manumbalik sa kanyang katawan, at ang bawat bahagi ng katawan ay manumbalik sa sarili nito.
- 3 At hinihingi ng katarungan ng Diyos na ang mga tao ay nararapat hatulan alinsunod sa kanilang mga gawa; at kung ang kanilang mga gawa sa buhay na ito ay mabuti, at ang mga pita ng kanilang mga puso ay mabuti, sila rin, sa huling araw, ay manunumbalik doon sa mabuti.
- 4 At kung ang kanilang mga gawa ay masama, ito ay manunumbalik sa kanila sa masama. Anupa't lahat ng bagay ay manunumbalik sa kanilang wastong kaayusan, bawat bagay sa kanyang likas na anyo—ang may kamatayan ay magbabangon sa kawalang-kamatayan, kabulukan sa walang kabulukan—magbabangon sa walang katapusang kaligayahan upang magmana ng kaharian ng Diyos, o sa walang katapusang kalungkutan upang magmana ng kaharian ng diyablo, ang isa ay sa isang dako, at ang isa ay sa kabila—
- 5 Ang isa ay magbabangon sa kaligayahan alinsunod sa kanyang pagnanais ng kaligayahan, o kabutihan alinsunod sa kanyang pagnanais sa mabuti; at ang isa pa ay sa masama alinsunod sa kanyang pagnanais sa masama; sapagkat dahil sa siya ay nagnais na gumawa ng masama sa buong araw kung kaya't siya ay magtatamo ng gantimpala na masama pagdating ng gabi.

## Alma 41

And now, my son, I have somewhat to say concerning the restoration of which has been spoken; for behold, some have wrested the scriptures, and have gone far astray because of this thing. And I perceive that thy mind has been worried also concerning this thing. But behold, I will explain it unto thee.

I say unto thee, my son, that the plan of restoration is requisite with the justice of God; for it is requisite that all things should be restored to their proper order. Behold, it is requisite and just, according to the power and resurrection of Christ, that the soul of man should be restored to its body, and that every part of the body should be restored to itself.

And it is requisite with the justice of God that men should be judged according to their works; and if their works were good in this life, and the desires of their hearts were good, that they should also, at the last day, be restored unto that which is good.

And if their works are evil they shall be restored unto them for evil. Therefore, all things shall be restored to their proper order, every thing to its natural frame—mortality raised to immortality, corruption to incorruption—raised to endless happiness to inherit the kingdom of God, or to endless misery to inherit the kingdom of the devil, the one on one hand, the other on the other—

The one raised to happiness according to his desires of happiness, or good according to his desires of good; and the other to evil according to his desires of evil; for as he has desired to do evil all the day long even so shall he have his reward of evil when the night cometh.

- 6 At gayon din ito sa kabilang dako. Kung siya ay nagsisi ng kanyang mga kasalanan, at nagnais ng kabutihan hanggang sa kanyang huling mga araw, kung magkagayon, siya rin ay gagantimpalaan sa kabutihan.
- 7 Sila ang mga yaong tinubos ng Panginoon; oo, sila ang mga yaong kinuha, na naligtas mula sa yaong walang katapusang gabi ng kadiliman; at sa gayon sila tatayo o mahuhulog, sapagkat masdan, sila ang kanilang sariling mga hukom, kung gagawa man ng mabuti o gagawa ng masama.
- 8 Ngayon, ang mga batas ng Diyos ay hindi nababago; samakatwid, ang daan ay nakahanda upang ang sinumang may nais ay maaaring lumakad doon at maligtas.
- 9 At ngayon masdan, anak ko, huwag nang makipagsapalaran ng isa pang paglabag laban sa iyong Diyos doon sa mga bahaging iyon ng doktrina, na iyo ngayong ipinakipagsapalaran sa paggawa ng kasalanan.
- 10 Huwag mong ipalagay, dahil sa sinabi ang hinggil sa panunumbalik, na ikaw ay manunumbalik mula sa kasalanan tungo sa kaligayahan. Masdan, sinasabi ko sa iyo, ang kasamaan ay hindi kailanman kaligayahan.
- 11 At ngayon, anak ko, lahat ng tao na nasa likas na kalagayan, o ang ibig kong sabihin, sa isang makamundong kalagayan, ay nasa kasukdulan ng kapaitan at nasa mga gapos ng kasamaan; sila ay walang Diyos sa daigdig; at sila ay tumaliwas sa katangian ng Diyos; anupa't sila ay nasa kalagayang taliwas sa likas na kaligayahan.
- 12 At ngayon masdan, ang kahulugan ba ng salitang panunumbalik ay kunin ang isang bagay na nasa likas na kalagayan at ilagay ito sa isang di likas na kalagayan, o ilagay ito sa isang kalagayang kabaligtaran ng kanyang kalikasan?
- 13 O, anak ko, hindi gayon ang pangyayari; kundi ang kahulugan ng salitang panunumbalik ay ibalik muli ang masama sa masama, o ang makamundo sa makamundo, o ang mala-diyablo sa mala-diyablo—mabait doon sa mabait; mabuti doon sa mabuti; makatarungan doon sa makatarungan; maawain doon sa maawain.

And so it is on the other hand. If he hath repented of his sins, and desired righteousness until the end of his days, even so he shall be rewarded unto righteousness.

These are they that are redeemed of the Lord; yea, these are they that are taken out, that are delivered from that endless night of darkness; and thus they stand or fall; for behold, they are their own judges, whether to do good or do evil.

Now, the decrees of God are unalterable; therefore, the way is prepared that whosoever will may walk therein and be saved.

And now behold, my son, do not risk one more offense against your God upon those points of doctrine, which ye have hitherto risked to commit sin.

Do not suppose, because it has been spoken concerning restoration, that ye shall be restored from sin to happiness. Behold, I say unto you, wickedness never was happiness.

And now, my son, all men that are in a state of nature, or I would say, in a carnal state, are in the gall of bitterness and in the bonds of iniquity; they are without God in the world, and they have gone contrary to the nature of God; therefore, they are in a state contrary to the nature of happiness.

And now behold, is the meaning of the word restoration to take a thing of a natural state and place it in an unnatural state, or to place it in a state opposite to its nature?

O, my son, this is not the case; but the meaning of the word restoration is to bring back again evil for evil, or carnal for carnal, or devilish for devilish—good for that which is good; righteous for that which is righteous; just for that which is just; merciful for that which is merciful.



14 Kaya nga, anak ko, tiyaking ikaw ay maawain sa iyong mga kapatid; makitungo nang makatarungan, humatol nang makatwiran, at patuloy na gumawa ng mabuti; at kung gagawin mo ang lahat ng bagay na ito, sa gayon ikaw ay tatanggap ng iyong gantimpala; oo, ang awa ay manunumbalik sa iyong muli; ang katarungan ay manunumbalik sa iyong muli; ang paghatol nang makatwiran ay manunumbalik sa iyong muli; at ang kabutihan ay igagantimpala sa iyong muli.

15 Sapagkat kung ano ang iyong ipinamamahagi ay siyang babalik sa iyong muli, at manunumbalik; anupa't ang salitang panunumbalik ay lubos na sumusumpa sa mga makasalanan, at hindang-hindi siya binibigyang-katwiran.

Therefore, my son, see that you are merciful unto your brethren; deal justly, judge righteously, and do good continually; and if ye do all these things then shall ye receive your reward; yea, ye shall have mercy restored unto you again; ye shall have justice restored unto you again; ye shall have a righteous judgment restored unto you again; and ye shall have good rewarded unto you again.

For that which ye do send out shall return unto you again, and be restored; therefore, the word restoration more fully condemneth the sinner, and justifieth him not at all.

## Alma 42

- 1 At ngayon, anak ko, nahihiwatigan ko na kahit paano ay mayroon pang bumabalisa sa iyong isipan, na hindi mo maunawaan—yaong hinggil sa katarungan ng Diyos sa pagpaparusa sa mga makasalanan; sapagkat ipinipilit mong ipalagay na kawalang-katarungan na ang makasalanan ay matalaga sa isang kalagayan ng kalungkutan.
- 2 Ngayon masdan, anak ko, ipaliliwanag ko sa iyo ang bagay na ito. Sapagkat masdan, matapos na paalisin ng Panginoong Diyos ang ating mga unang magulang sa halamanan ng Eden, upang magbungkal ng lupa kung saan sila ay kinuha—oo, kanyang pinaalis ang tao; at naglagay siya sa dulong silangan ng halamanan ng Eden ng mga querubin, at isang nagniningas na espada na umiikot, upang ingatan ang punungkahoy ng buhay—
- 3 Ngayon, nakikita natin na ang tao ay naging katulad ng Diyos, nakaalam ng mabuti at masama; at baka iunat niya ang kanyang kamay, at pumitas din sa punungkahoy ng buhay, at kumain at mabuhay magpakailanman, ang Panginoong Diyos ay naglagay ng mga querubin at ng nagniningas na espada, upang hindi siya makakain ng bunga—
- 4 At sa gayon ating nakikita na may isang panahong ipinagkaloob sa tao upang magsisi, oo, isang panahon ng pagsubok, isang panahon upang magsisi at maglingkod sa Diyos.
- 5 Sapagkat masdan, kung iniunat kaagad ni Adan ang kanyang kamay, at kumain sa punungkahoy ng buhay, siya ay maaaring nabuhay magpakailanman, alinsunod sa salita ng Diyos, nang walang puwang sa pagsisisi; oo, at gayon din, ang salita ng Diyos ay mawawalan ng kabuluhan, at ang dakilang plano ng kaligtasan ay mabibigo.
- 6 Ngunit masdan, itinakda sa tao ang mamatay—kaya nga, sapagkat sila ay inilayo sa punungkahoy ng buhay sila ay nararapat na ihiwalay sa balat ng lupa—at ang tao ay naligaw magpakailanman, oo, sila ay mga taong nahulog.

## Alma 42

And now, my son, I perceive there is somewhat more which doth worry your mind, which ye cannot understand—which is concerning the justice of God in the punishment of the sinner; for ye do try to suppose that it is injustice that the sinner should be consigned to a state of misery.

Now behold, my son, I will explain this thing unto thee. For behold, after the Lord God sent our first parents forth from the garden of Eden, to till the ground, from whence they were taken—yea, he drew out the man, and he placed at the east end of the garden of Eden, cherubim, and a flaming sword which turned every way, to keep the tree of life—

Now, we see that the man had become as God, knowing good and evil; and lest he should put forth his hand, and take also of the tree of life, and eat and live forever, the Lord God placed cherubim and the flaming sword, that he should not partake of the fruit—

And thus we see, that there was a time granted unto man to repent, yea, a probationary time, a time to repent and serve God.

For behold, if Adam had put forth his hand immediately, and partaken of the tree of life, he would have lived forever, according to the word of God, having no space for repentance; yea, and also the word of God would have been void, and the great plan of salvation would have been frustrated.

But behold, it was appointed unto man to die—therefore, as they were cut off from the tree of life they should be cut off from the face of the earth—and man became lost forever, yea, they became fallen man.

- 7 At ngayon, nakikita mo na sa pamamagitan nito ang ating mga unang magulang ay itinakwil kapwa temporal at espirituwal mula sa harapan ng Panginoon; sa gayon nakikita natin na sila ay naging mga nasasakupang sumusunod alinsunod sa kanilang sariling kagustuhan.
- 8 Ngayon, masdan, hindi kapaki-pakinabang na ang tao ay mabawi mula sa temporal na kamatayang ito, sapagkat iyon ay makawawasak sa dakilang plano ng kaligayahan.
- 9 Kaya nga, sapagkat ang kaluluwa ay hindi maaaring mamatay, at ang pagkahulog ay nagdala sa buong sangkatauhan ng espirituwal na kamatayan gayundin ng temporal, ibig sabihin, sila ay itinakwil mula sa harapan ng Panginoon, kapaki-pakinabang na ang sangkatauhan ay mabawi mula sa espirituwal na kamatayang ito.
- 10 Samakatwid, sapagkat sila ay naging mga likas na makamundo, makalaman, at mala-diyablo, ang kalagayang ito ng pagsubok ay naging kalagayan para sa kanila upang maghanda; ito ay naging isang paghahandang kalagayan.
- 11 At ngayon tandaan, anak ko, kung hindi dahil sa plano ng pagtubos, (isinasaisantabi ito) sa sandaling sila ay mamatay, ang kanilang mga kaluluwa ay malungkot; sapagkat itinakwil mula sa harapan ng Panginoon.
- 12 At ngayon, walang paraan upang mabawi ang tao sa kalagayang ito ng pagkahulog, na dinala ng tao sa kanyang sarili dahil sa kanyang sariling pagsuway;
- 13 Anupa't alinsunod sa katarungan, ang plano ng pagtubos ay hindi maisasakatuparan, tanging sa mga hinihingi ng pagsisisi ng tao sa kalagayang ito ng paghahanda, oo, dito sa kalagayang ito ng pagsubok; sapagkat maliban sa mga hinihinging ito, ang awa ay hindi magkakaroon ng bisa maliban kung wawasakin nito ang gawa ng katarungan. Ngayon, ang gawa ng katarungan ay hindi maaaring mawasak; kung magkakagayon, ang Diyos ay titigil sa pagiging Diyos.
- 14 At sa gayon nakikita natin na ang buong sangkatauhan ay nahulog, at sila ay napanghahawakan ng katarungan; oo, ng katarungan ng Diyos, na nagtatalaga sa kanila magpakailanman na itakwil mula sa kanyang harapan.

And now, ye see by this that our first parents were cut off both temporally and spiritually from the presence of the Lord; and thus we see they became subjects to follow after their own will.

Now behold, it was not expedient that man should be reclaimed from this temporal death, for that would destroy the great plan of happiness.

Therefore, as the soul could never die, and the fall had brought upon all mankind a spiritual death as well as a temporal, that is, they were cut off from the presence of the Lord, it was expedient that mankind should be reclaimed from this spiritual death.

Therefore, as they had become carnal, sensual, and devilish, by nature, this probationary state became a state for them to prepare; it became a preparatory state.

And now remember, my son, if it were not for the plan of redemption, (laying it aside) as soon as they were dead their souls were miserable, being cut off from the presence of the Lord.

And now, there was no means to reclaim men from this fallen state, which man had brought upon himself because of his own disobedience;

Therefore, according to justice, the plan of redemption could not be brought about, only on conditions of repentance of men in this probationary state, yea, this preparatory state; for except it were for these conditions, mercy could not take effect except it should destroy the work of justice. Now the work of justice could not be destroyed; if so, God would cease to be God.

And thus we see that all mankind were fallen, and they were in the grasp of justice; yea, the justice of God, which consigned them forever to be cut off from his presence.

- 15 At ngayon, ang plano ng awa ay hindi magkakaroon ng kaganapan maliban sa pagsasagawa ng pagbabayad-sala; kaya nga, ang Diyos na rin ang magbabayad-sala para sa mga kasalanan ng sanlibutan, upang maisakatuparan ang plano ng awa, upang tugunin ang hinihingi ng katarungan, at nang sa gayon, ang Diyos ay maging isang ganap, makatarungang Diyos, at isa ring maawaing Diyos.
- 16 Ngayon, ang pagsisisi ay hindi mapapasa mga tao maliban kung may kaparusahan, na walang hanggan din katulad ng buhay ng kaluluwa, nakaakibat salungat sa plano ng kaligayahan, na walang hanggan din katulad ng buhay ng kaluluwa.
- 17 Ngayon, paano ang isang tao ay magsisisi maliban kung siya ay nagkasala? Paano siya magkakasala kung walang batas? Paanong magkakaroon ng batas maliban kung may kaparusahan?
- 18 Ngayon, may kaparusahang kaakibat, at isang makatarungang batas na ibinigay, na nagdadala ng taos na paggigi-yagis ng budhi ng tao.
- 19 Ngayon, kung walang batas na ibinigay—kung ang isang tao ay pumaslang siya ay mamamatay—siya ba ay matatakot na siya ay mamatay kung siya ay pumaslang?
- 20 At gayon din, kung walang batas na ibinigay laban sa kasalanan, ang tao ay hindi matatakot na magkasala.
- 21 At kung walang batas na ibinigay, kung ang tao ay magkasala, ano ang magagawa ng katarungan, o maging ng awa, sapagkat ang mga ito ay hindi magkakaroon ng karapatan sa nilikha.
- 22 Ngunit may isang batas na ibinigay, at isang kaparusahang nakaakibat, at isang ipinahintulot na pagsisisi; kung aling pagsisisi ay inangkin ng awa; kung hindi, aangkinin ng katarungan ang nilikha at ipatutupad ang batas, at ang batas ay magpapataw ng kaparusahan; kung hindi gayon, ang mga gawa ng katarungan ay mawawasak, at ang Diyos ay titigil sa pagiging Diyos.

And now, the plan of mercy could not be brought about except an atonement should be made; therefore God himself atoneth for the sins of the world, to bring about the plan of mercy, to appease the demands of justice, that God might be a perfect, just God, and a merciful God also.

Now, repentance could not come unto men except there were a punishment, which also was eternal as the life of the soul should be, affixed opposite to the plan of happiness, which was as eternal also as the life of the soul.

Now, how could a man repent except he should sin? How could he sin if there was no law? How could there be a law save there was a punishment?

Now, there was a punishment affixed, and a just law given, which brought remorse of conscience unto man.

Now, if there was no law given—if a man murdered he should die—would he be afraid he would die if he should murder?

And also, if there was no law given against sin men would not be afraid to sin.

And if there was no law given, if men sinned what could justice do, or mercy either, for they would have no claim upon the creature?

But there is a law given, and a punishment affixed, and a repentance granted; which repentance, mercy claimeth; otherwise, justice claimeth the creature and executeth the law, and the law inflicteth the punishment; if not so, the works of justice would be destroyed, and God would cease to be God.

- 23 Ngunit ang Diyos ay hindi tumitigil sa pagiging Diyos, at aangkin ng awa ang nagsisisi, at ang awa ay darating dahil sa pagbabayad-sala; at ang pagbabayad-sala ang nagdala upang mapangyari ang pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, at ang pagkabuhay na mag-uli ng mga patay ang magbabalik sa tao sa harapan ng Diyos; at sa gayon sila ay manunumbalik sa kanyang harapan upang hatulan alinsunod sa kanilang mga gawa, alinsunod sa batas at katarungan.
- 24 Sapagkat masdan, isinasagawa ng katarungan ang lahat ng kanyang hinihingi, at inaangkin din ng awa ang lahat ng kanya; at sa gayon walang maliligtas kundi ang tunay na nagsisisi.
- 25 Ano, iyo bang ipinalalagay na ang awa ay makaagaw sa katarungan? Sinasabi ko sa iyo, Hindi; kahit isang kudlit. Kung magkakagayon, ang Diyos ay titigil sa pagiging Diyos.
- 26 At sa gayon isinasagawa ng Diyos ang kanyang dakila at mga walang hanggang layunin, na inihanda mula pa sa pagkakatatag ng daigdig. At sa gayon dumating ang kaligtasan at katubusan ng mga tao, at gayundin ang kanilang pagkalipol at kalungkutan.
- 27 Kaya nga, o aking anak, sinumang nais na lumapit ay makalalapit at malayang makababahagi sa tubig ng buhay; at ang sinumang hindi lalapit siya ay hindi pinipilit na lumapit; ngunit sa huling araw, ito ay manunumbalik sa kanya alinsunod sa kanyang mga gawa.
- 28 Kung kanyang ninais na gumawa ng masama, at hindi nagsisi sa kanyang mga araw, masdan, masama ang mangyayari sa kanya, alinsunod sa pagpapanumbalik ng Diyos.
- 29 At ngayon, anak ko, hinihiling ko na ang mga bagay na ito ay huwag nang gumulo pa sa iyo, at hayaan na ang iyong mga kasalanan na lamang ang bumagabag sa iyo, sa yaong pangbabagabag na magdadala sa iyo sa pagsisisi.

But God ceaseth not to be God, and mercy claimeth the penitent, and mercy cometh because of the atonement; and the atonement bringeth to pass the resurrection of the dead; and the resurrection of the dead bringeth back men into the presence of God; and thus they are restored into his presence, to be judged according to their works, according to the law and justice.

For behold, justice exerciseth all his demands, and also mercy claimeth all which is her own; and thus, none but the truly penitent are saved.

What, do ye suppose that mercy can rob justice? I say unto you, Nay; not one whit. If so, God would cease to be God.

And thus God bringeth about his great and eternal purposes, which were prepared from the foundation of the world. And thus cometh about the salvation and the redemption of men, and also their destruction and misery.

Therefore, O my son, whosoever will come may come and partake of the waters of life freely; and whosoever will not come the same is not compelled to come; but in the last day it shall be restored unto him according to his deeds.

If he has desired to do evil, and has not repented in his days, behold, evil shall be done unto him, according to the restoration of God.

And now, my son, I desire that ye should let these things trouble you no more, and only let your sins trouble you, with that trouble which shall bring you down unto repentance.

30 O anak ko, hinihiling ko na huwag mo nang itatatwa pa ang katarungan ng Diyos. Huwag mo nang pagsikapang bigyang-katwiran ang iyong sarili sa pinakamaliit na punto nang dahil sa iyong mga kasalanan sa pamamagitan ng pagtatatwa sa katarungan ng Diyos; kundi hayaan mong ang katarungan ng Diyos, at ang kanyang awa, at ang kanyang mahabang pagtitiis ang manaig sa iyong puso; at hayaan mo na ito ang magdala sa iyo sa alabok ng pagpapakumbaba.

31 At ngayon, o anak ko, ikaw ay tinawag ng Diyos na mangaral ng salita sa mga taong ito. At ngayon, anak ko, humayo ka, at ipahayag ang salita nang may katotohanan at kahinahunan, nang ikaw ay makapagdala ng mga kaluluwa sa pagsisisi, upang ang dakilang plano ng awa ay magkaroon ng pag-angkin sa kanila. At nawa ay ipagkaloob sa iyo ng Diyos ang alinsunod sa aking mga salita. Amen.

O my son, I desire that ye should deny the justice of God no more. Do not endeavor to excuse yourself in the least point because of your sins, by denying the justice of God; but do you let the justice of God, and his mercy, and his long-suffering have full sway in your heart; and let it bring you down to the dust in humility.

And now, O my son, ye are called of God to preach the word unto this people. And now, my son, go thy way, declare the word with truth and soberness, that thou mayest bring souls unto repentance, that the great plan of mercy may have claim upon them. And may God grant unto you even according to my words. Amen.

## Alma 43

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, na ang mga anak ni Alma ay humayo sa mga tao, upang ipahayag ang salita sa kanila. At si Alma rin naman ay di magawang magpahinga, at siya ay humayo rin.
- 2 Ngayon hindi na kami mangungusap pa hinggil sa kanilang pangangaral, maliban sa ipinangaral nila ang salita, at ang katotohanan, alinsunod sa diwa ng propesiya at paghahayag; at sila ay nangaral alinsunod sa banal na orden ng Diyos kung saan sila tinawag.
- 3 At ngayon magbabalik ako sa ulat ng mga digmaang namagitan sa mga Nephita at sa mga Lamanita, sa ikalabingwalong taon ng panunungkulan ng mga hukom.
- 4 Sapagkat masdan, ito ay nangyari na, na ang mga Zoramita ay naging mga Lamanita; samakatwid, sa pagsisimula ng ikalabingwalong taon na nakita ng mga tao ng mga Nephita na ang mga Lamanita ay sumasalakay sa kanila; kaya nga, sila ay gumawa ng mga paghahanda para sa pakikidigma; oo, kanilang kinalap ang kanilang mga hukbo sa lupain ng Jerson.
- 5 At ito ay nangyari na, na ang mga Lamanita ay sumalakay na kasama ang kanilang mga libu-libo; at nakarating sila sa lupain ng Antionum, na lupain ng mga Zoramita; at isang lalaking nagngangalang Zerahemnas ang kanilang pinuno.
- 6 At ngayon, dahil ang mga Amalekita ay higit na masasama at handang pumaslang kaysa sa mga Lamanita, sa at ng kanilang sarili; kaya nga, si Zerahemnas ay naghirang ng mga punong kapitan sa mga Lamanita, at mga Amalekita at Zoramita silang lahat.
- 7 Ngayon, ito ay ginawa niya upang mapanatili ang kanilang pagkapoot sa mga Nephita, upang kanyang madala sila sa pagkaalipin na magiging katuparan ng kanyang mga hangarin.
- 8 Sapagkat masdan, ang kanyang mga hangarin ay pukawin ang mga Lamanita na magalit laban sa mga Nephita; ito ay ginawa niya upang siya ay makakamkam ng malaking kapangyarihan sa kanila, at upang siya ay makakuha rin ng kapangyarihan sa mga Nephita sa pamamagitan ng pagdadala sa kanila sa pagkaalipin.

## Alma 43

And now it came to pass that the sons of Alma did go forth among the people, to declare the word unto them. And Alma, also, himself, could not rest, and he also went forth.

Now we shall say no more concerning their preaching, except that they preached the word, and the truth, according to the spirit of prophecy and revelation; and they preached after the holy order of God by which they were called.

And now I return to an account of the wars between the Nephites and the Lamanites, in the eighteenth year of the reign of the judges.

For behold, it came to pass that the Zoramites became Lamanites; therefore, in the commencement of the eighteenth year the people of the Nephites saw that the Lamanites were coming upon them; therefore they made preparations for war; yea, they gathered together their armies in the land of Jershon.

And it came to pass that the Lamanites came with their thousands; and they came into the land of Antionum, which is the land of the Zoramites; and a man by the name of Zerahemnah was their leader.

And now, as the Amalekites were of a more wicked and murderous disposition than the Lamanites were, in and of themselves, therefore, Zerahemnah appointed chief captains over the Lamanites, and they were all Amalekites and Zoramites.

Now this he did that he might preserve their hatred towards the Nephites, that he might bring them into subjection to the accomplishment of his designs.

For behold, his designs were to stir up the Lamanites to anger against the Nephites; this he did that he might usurp great power over them, and also that he might gain power over the Nephites by bringing them into bondage.

- 9 At ngayon, ang hangarin ng mga Nephita ay itaguyod ang kanilang mga lupain, at kanilang mga tahanan, at kanilang mga asawa, at kanilang mga anak, upang mapangalagaan sila mula sa mga kamay ng kanilang mga kaaway; at upang mapangalagaan din nila ang kanilang mga karapatan at kanilang mga pribilehiyo, oo, at ang kanila ring kalayaan, upang sila ay makasamba sa Diyos alinsunod sa kanilang mga naisin.
- 10 Sapagkat nalalaman nila na kung sila ay babagsak sa mga kamay ng mga Lamanita, na sino man ang sasamba sa Diyos sa espiritu at sa katotohanan, sa tunay at buhay na Diyos, ay lilipulin ng mga Lamanita.
- 11 Oo, at nalalaman din nila ang masidhing poot ng mga Lamanita sa kanilang mga kapatid, na mga tao ni Anti-Nephi-Lehi, na tinatawag na mga tao ni Ammon—at tumanggi silang humawak ng mga sandata, oo, sila ay nakipagtipan at tumanggi silang sirain ito—anupa’t kung sila ay babagsak sa mga kamay ng mga Lamanita, sila ay malilipol.
- 12 At hindi pahihintulutan ng mga Nephita na sila ay malipol; kaya nga kanilang binigyan sila ng mga lupain bilang kanilang mana.
- 13 At ang mga tao ni Ammon ay nagbigay sa mga Nephita ng malaking bahagi ng kanilang kabuhayan upang matustusan ang kanilang mga hukbo; at sa gayon ang mga Nephita ay napilitang mag-isang harapin ang mga Lamanita, na halong-lahi nina Laman at Lemuel, at mga anak ni Ismael, at lahat ng yaong tumiwalag sa mga Nephita, na mga Amalekita at Zoramita, at mga inapo ng mga saserdote ni Noe.
- 14 Ngayon, ang mga inapong yaon ay kasindami halos ng mga Nephita; at sa gayon ang mga Nephita ay napilitang makipaglaban sa kanilang mga kapatid, maging hanggang sa pagdanak ng dugo.
- 15 At ito ay nangyari na, na habang ang mga hukbo ng mga Lamanita ay magkakasamang nagtipon sa lupain ng Antionum, masdan, ang mga hukbo ng mga Nephita ay nakahandang harapin sila sa lupain ng Jerson.

And now the design of the Nephites was to support their lands, and their houses, and their wives, and their children, that they might preserve them from the hands of their enemies; and also that they might preserve their rights and their privileges, yea, and also their liberty, that they might worship God according to their desires.

For they knew that if they should fall into the hands of the Lamanites, that whosoever should worship God in spirit and in truth, the true and the living God, the Lamanites would destroy.

Yea, and they also knew the extreme hatred of the Lamanites towards their brethren, who were the people of Anti-Nephi-Lehi, who were called the people of Ammon—and they would not take up arms, yea, they had entered into a covenant and they would not break it—therefore, if they should fall into the hands of the Lamanites they would be destroyed.

And the Nephites would not suffer that they should be destroyed; therefore they gave them lands for their inheritance.

And the people of Ammon did give unto the Nephites a large portion of their substance to support their armies; and thus the Nephites were compelled, alone, to withstand against the Lamanites, who were a compound of Laman and Lemuel, and the sons of Ishmael, and all those who had dissented from the Nephites, who were Amalekites and Zoramites, and the descendants of the priests of Noah.

Now those descendants were as numerous, nearly, as were the Nephites; and thus the Nephites were obliged to contend with their brethren, even unto bloodshed.

And it came to pass as the armies of the Lamanites had gathered together in the land of Antionum, behold, the armies of the Nephites were prepared to meet them in the land of Jershon.



- 16 Ngayon, ang pinuno ng mga Nephita, o ang lalaking hinirang na maging punong kapitan ng mga Nephita—ngayon, ang punong kapitan ang humahawak ng lahat ng kapangyarihan sa lahat ng hukbo ng mga Nephita—at ang kanyang pangalan ay Moroni;
- 17 At hawak ni Moroni ang lahat ng kapangyarihan, at ang pamamalakad ng kanilang mga digmaan. At siya’y dalawampu at limang taong gulang lamang nang siya ay mahirang na punong kapitan sa mga hukbo ng mga Nephita.
- 18 At ito ay nangyari na, na hinarap niya ang mga Lamanita sa mga hangganan ng Jerson, at ang kanyang mga tao ay nasasandatahan ng mga espada, at ng mga simitar, at lahat ng uri ng sandata ng digmaan.
- 19 At nang makita ng mga hukbo ng mga Lamanita na ang mga tao ni Nephi, o na si Moroni, ay pinaghanda ang kanyang mga tao ng mga baluti sa dibdib at ng kalasag sa bisig, oo, at ng kalasag din upang ipagsanggalang ang kanilang mga ulo, at nabibihisan din sila ng makakapal na damit—
- 20 Ngayon, ang hukbo ni Zerahemnas ay hindi nakahanda sa gayong pamamaraan; hawak lamang nila ang kanilang mga espada at kanilang mga simitar, ang kanilang mga busog at kanilang mga palaso, ang kanilang mga bato at kanilang mga tirador; at sila ay nakahubad, maliban lamang sa balat na nabibigkis sa kanilang mga balakang; oo, lahat ay nakahubad, maliban lamang sa mga Zoramita at sa mga Amalekita;
- 21 Subalit hindi sila nasasandatahan ng mga baluti sa dibdib, ni mga kalasag—anupa’t labis silang natakot sa mga hukbo ng mga Nephita dahil sa kanilang baluti, bagaman ang kanilang bilang ay higit na malaki kaysa sa mga Nephita.
- 22 Masdan, ngayon ito ay nangyari na, na hindi sila nangahas na sumalakay laban sa mga Nephita sa mga hangganan ng Jerson; anupa’t nilisan nila ang lupain ng Antionum patungo sa ilang, at ipinagpatuloy ang kanilang paglalakbay palibot sa ilang, hanggang sa mga bukal ng ilog Sidon, upang sila ay makarating sa lupain ng Manti at angkinin ang lupain; sapagkat hindi nila inakalang malalaman ng mga hukbo ni Moroni kung saan sila patutungo.

Now, the leader of the Nephites, or the man who had been appointed to be the chief captain over the Nephites—now the chief captain took the command of all the armies of the Nephites—and his name was Moroni;

And Moroni took all the command, and the government of their wars. And he was only twenty and five years old when he was appointed chief captain over the armies of the Nephites.

And it came to pass that he met the Lamanites in the borders of Jershon, and his people were armed with swords, and with cimeters, and all manner of weapons of war.

And when the armies of the Lamanites saw that the people of Nephi, or that Moroni, had prepared his people with breastplates and with arm-shields, yea, and also shields to defend their heads, and also they were dressed with thick clothing—

Now the army of Zerahemnah was not prepared with any such thing; they had only their swords and their cimeters, their bows and their arrows, their stones and their slings; and they were naked, save it were a skin which was girded about their loins; yea, all were naked, save it were the Zoramites and the Amalekites;

But they were not armed with breastplates, nor shields—therefore, they were exceedingly afraid of the armies of the Nephites because of their armor, notwithstanding their number being so much greater than the Nephites.

Behold, now it came to pass that they durst not come against the Nephites in the borders of Jershon; therefore they departed out of the land of Antionum into the wilderness, and took their journey round about in the wilderness, away by the head of the river Sidon, that they might come into the land of Manti and take possession of the land; for they did not suppose that the armies of Moroni would know whither they had gone.

23 Subalit ito ay nangyari na, kapagdaka nang sila ay makalisan patungo sa ilang ay nagpasugo si Moroni ng mga tiktik sa ilang upang manmanan ang kanilang kuta; at si Moroni rin, nalalaman ang mga propesiya ni Alma, ay nagpasugo ng ilang tao sa kanya, hinihiling sa kanya na magtanong sa Panginoon kung saan tutuloy ang mga hukbo ng mga Nephita upang maipagtanggol ang kanilang sarili laban sa mga Lamanita.

24 At ito ay nangyari na, na ang salita ng Panginoon ay dumating kay Alma, at ipinaalam ni Alma sa mga mensahero ni Moroni, na ang mga hukbo ng mga Lamanita ay lumilibot sa ilang, upang sila ay makarating sa lupain ng Manti, upang masimulan nila ang pagsalakay sa mahihinang bahagi ng mga tao. At ang mga mensaherong yaon ay lumisan at dinala ang mensahe kay Moroni.

25 Ngayon, si Moroni, na nag-iwan ng isang bahagi ng kanyang hukbo sa lupain ng Jerson, na baka sa anumang paraan ay sumalakay ang isang bahagi ng mga Lamanita sa lupaing yaon at maangkin ang lunsod, ay dinala ang nalabing bahagi ng kanyang hukbo at nagtungo sa lupain ng Manti.

26 At kanyang pinapangyari na ang lahat ng tao sa dakong yaon ng lupain ay sama-samang tipunin ang kanilang sarili upang makidigma laban sa mga Lamanita, upang ipagtanggol ang kanilang mga lupain at ang kanilang bayan, ang kanilang mga karapatan at kanilang mga kalayaan; kaya nga, sila ay nakahanda laban sa panahon ng pagdating ng mga Lamanita.

27 At ito ay nangyari na, na pinagkubli ni Moroni ang kanyang hukbo sa lambak na malapit sa pampang ng ilog Sidon, na nasa kanluran ng ilog Sidon sa ilang.

28 At si Moroni ay nagtalaga ng mga tiktik sa palibot, upang malaman niya kung kailan darating ang pangkat ng mga Lamanita.

29 At ngayon, dahil sa nalalaman ni Moroni ang layunin ng mga Lamanita, na ang layunin nila ay lipulin ang kanilang mga kapatid, o sakupin sila at dalhin sila sa pagkaalipin upang sila ay makapagtayo ng isang kaharian para sa kanilang sarili sa buong lupain;

But it came to pass, as soon as they had departed into the wilderness Moroni sent spies into the wilderness to watch their camp; and Moroni, also, knowing of the prophecies of Alma, sent certain men unto him, desiring him that he should inquire of the Lord whither the armies of the Nephites should go to defend themselves against the Lamanites.

And it came to pass that the word of the Lord came unto Alma, and Alma informed the messengers of Moroni, that the armies of the Lamanites were marching round about in the wilderness, that they might come over into the land of Manti, that they might commence an attack upon the weaker part of the people. And those messengers went and delivered the message unto Moroni.

Now Moroni, leaving a part of his army in the land of Jershon, lest by any means a part of the Lamanites should come into that land and take possession of the city, took the remaining part of his army and marched over into the land of Manti.

And he caused that all the people in that quarter of the land should gather themselves together to battle against the Lamanites, to defend their lands and their country, their rights and their liberties; therefore they were prepared against the time of the coming of the Lamanites.

And it came to pass that Moroni caused that his army should be secreted in the valley which was near the bank of the river Sidon, which was on the west of the river Sidon in the wilderness.

And Moroni placed spies round about, that he might know when the camp of the Lamanites should come.

And now, as Moroni knew the intention of the Lamanites, that it was their intention to destroy their brethren, or to subject them and bring them into bondage that they might establish a kingdom unto themselves over all the land;

30 At nalalaman din niya na ang tanging hangarin ng mga Nephita ay pangalagaan ang kanilang mga lupain, at kanilang kalayaan, at kanilang simbahan, anupa't hindi niya inakalang kasalanan ang ipagtanggol sila sa pamamagitan ng pakana; kaya nga, inalam niya sa pamamagitan ng kanyang mga tiktik kung anong landas ang tatahakin ng mga Lamanita.

31 Kaya nga, hinati niya ang kanyang hukbo at dinala ang isang bahagi sa lambak, at ikinubli sila sa dakong silangan, at dakong timog ng burol ng Ripla;

32 At ang nalalabi ay ikinubli niya sa kanlurang lambak, sa dakong kanluran ng ilog Sidon, at pababa sa mga hangganan ng lupain ng Manti.

33 At sa gayong pagtatalaga ng kanyang hukbo alinsunod sa kanyang nais, siya ay nakahandang humarap sa kanila.

34 At ito ay nangyari na, na ang mga Lamanita ay sumalakay sa hilaga ng burol, kung saan ang isang bahagi ng hukbo ni Moroni ay nakakubli.

35 At nang maraan ng mga Lamanita ang burol ng Ripla, at nakarating sa lambak, at nagsimulang tumawid sa ilog Sidon, ang hukbong nakakubli sa timog ng burol, na pinamumunuan ng isang lalaki na nanggangalang Lehi, at kanyang pinamunuan ang kanyang hukbo pasulong at pinaligiran ang mga Lamanita sa silangan sa kanilang likuran.

36 At ito ay nangyari na, na ang mga Lamanita, nang makita nila ang mga Nephita na sumasalakay sa kanila sa kanilang likuran, ay humarap sa kanila at nagsimulang makipaglaban sa hukbo ni Lehi.

37 At ang gawa ng kamatayan ay nagsimula sa magkabilang panig, subalit higit na kakila-kilabot ito sa panig ng mga Lamanita, sapagkat ang kanilang kahubaran ay nakalantad sa mabibigat na hataw ng mga Nephita ng kanilang mga espada at kanilang mga simitar, na nagdadala ng kamatayan halos sa bawat hataw.

And he also knowing that it was the only desire of the Nephites to preserve their lands, and their liberty, and their church, therefore he thought it no sin that he should defend them by stratagem; therefore, he found by his spies which course the Lamanites were to take.

Therefore, he divided his army and brought a part over into the valley, and concealed them on the east, and on the south of the hill Riplah;

And the remainder he concealed in the west valley, on the west of the river Sidon, and so down into the borders of the land Manti.

And thus having placed his army according to his desire, he was prepared to meet them.

And it came to pass that the Lamanites came up on the north of the hill, where a part of the army of Moroni was concealed.

And as the Lamanites had passed the hill Riplah, and came into the valley, and began to cross the river Sidon, the army which was concealed on the south of the hill, which was led by a man whose name was Lehi, and he led his army forth and encircled the Lamanites about on the east in their rear.

And it came to pass that the Lamanites, when they saw the Nephites coming upon them in their rear, turned them about and began to contend with the army of Lehi.

And the work of death commenced on both sides, but it was more dreadful on the part of the Lamanites, for their nakedness was exposed to the heavy blows of the Nephites with their swords and their cimeters, which brought death almost at every stroke.

38 Habang sa kabilang panig, may isang taong manaka-nakang bumabagsak sa mga Nephita, sa pamamagitan ng kanilang mga espada at dahil sa kawalan ng dugo, dahil sa sila ay nasasanggalang sa kanilang maseselang bahagi ng katawan, o ang higit na maseselang bahagi ng katawan ay nasasanggalan mula sa mga hataw ng mga Lamanita, ng kanilang mga baluti sa dibdib, at kanilang mga kalasag, at kanilang mga baluti sa ulo; at sa gayon ipinagpatuloy ng mga Nephita ang gawa ng kamatayan sa mga Lamanita.

39 At ito ay nangyari na, na ang mga Lamanita ay natakot, dahil sa malaking pagkalipol sa kanila, hanggang sa sila ay magsimulang magsitakas patungo sa ilog Sidon.

40 At sila ay tinugis ni Lehi at ng kanyang mga tauhan; at sila ay itinaboy nina Lehi sa mga tubig ng Sidon, at sila ay tumawid sa mga tubig ng Sidon. At pinanatili ni Lehi ang kanyang mga hukbo sa pampang ng ilog Sidon nang hindi sila makatawid.

41 At ito ay nangyari na, na hinarap ni Moroni at ng kanyang hukbo ang mga Lamanita sa lambak, sa kabilang ibayo ng ilog Sidon, at nagsimulang salakayin sila at patayin sila.

42 At ang mga Lamanita ay muling nagsitakas mula sa kanilang harapan, patungo sa lupain ng Manti; at muli silang hinarap ng mga hukbo ni Moroni.

43 Ngayon, sa pagkakataong ito ay labis na nakipaglaban ang mga Lamanita; oo, hindi pa nalamang nakipaglaban ang mga Lamanita nang gayong may labis na lakas at tapang, hindi, kahit noon pa sa simula.

44 At sila ay binigyang-sigla ng mga Zoramita at ng mga Amalekita, na kanilang mga punong kapitan at pinuno, at ni Zerahemnas, na kanilang punong kapitan, o kanilang punong pinuno at komandante; oo, sila ay lumaban na tila bagang mga dragon, at marami sa mga Nephita ang napatay ng kanilang mga kamay, oo, sapagkat kanilang hinataw sa dalawa ang marami sa kanilang baluti sa ulo, at kanilang tinuhog ang marami sa kanilang mga baluti sa dibdib, at pinagputul-putol din ang marami sa kanilang mga bisig; at sa gayon nanghataw ang mga Lamanita sa kanilang masidhing galit.

While on the other hand, there was now and then a man fell among the Nephites, by their swords and the loss of blood, they being shielded from the more vital parts of the body, or the more vital parts of the body being shielded from the strokes of the Lamanites, by their breastplates, and their armshields, and their head-plates; and thus the Nephites did carry on the work of death among the Lamanites.

And it came to pass that the Lamanites became frightened, because of the great destruction among them, even until they began to flee towards the river Sidon.

And they were pursued by Lehi and his men; and they were driven by Lehi into the waters of Sidon, and they crossed the waters of Sidon. And Lehi retained his armies upon the bank of the river Sidon that they should not cross.

And it came to pass that Moroni and his army met the Lamanites in the valley, on the other side of the river Sidon, and began to fall upon them and to slay them.

And the Lamanites did flee again before them, towards the land of Manti; and they were met again by the armies of Moroni.

Now in this case the Lamanites did fight exceedingly; yea, never had the Lamanites been known to fight with such exceedingly great strength and courage, no, not even from the beginning.

And they were inspired by the Zoramites and the Amalekites, who were their chief captains and leaders, and by Zerahemnah, who was their chief captain, or their chief leader and commander; yea, they did fight like dragons, and many of the Nephites were slain by their hands, yea, for they did smite in two many of their head-plates, and they did pierce many of their breastplates, and they did smite off many of their arms; and thus the Lamanites did smite in their fierce anger.

- 45 Gayon pa man, ang mga Nephita ay binigyang-sigla ng higit na mainam na dahilan, sapagkat hindi sila nakikipaglaban para sa kaharian ni kapangyarihan kundi sila ay nakikipaglaban para sa kanilang mga tahanan at kanilang mga kalayaan, kanilang mga asawa at kanilang mga anak, at ang lahat-lahat sa kanila, oo, para sa kanilang mga seremonya ng pagsamba at kanilang simbahan.
- 46 At ginagawa nila yaong inaakalang tungkulin nila na utang nila sa kanilang Diyos; sapagkat sinabi ng Panginoon sa kanila, at gayon din sa kanilang mga ama, na: Yaman din lamang na hindi kayo ang may kagagawan ng unang pagsalakay, ni ng pangalawa, hindi ninyo pahihintulutan ang inyong sarili na mapatay ng mga kamay ng inyong mga kaaway.
- 47 At muli, sinabi ng Panginoon na: Ipagtanggol ninyo ang inyong mga mag-anak maging hanggang sa pagdanak ng dugo. Kaya nga sa dahilang ito nakikipaglaban ang mga Nephita sa mga Lamanita, upang ipagtanggol ang kanilang sarili, at kanilang mga mag-anak, at kanilang mga lupain, kanilang bayan, at kanilang mga karapatan, at kanilang relihiyon.
- 48 At ito ay nangyari na, nang makita ng mga tauhan ni Moroni ang kabangisan at galit ng mga Lamanita, sila ay uurong na sana at tatakas mula sa kanilang harapan. At si Moroni, nahihiwatigan ang kanilang layon, ay nagpasabi at binigyang-sigla ang kanilang mga puso sa pamamagitan ng mga kaisipang ito—oo, ang alaala ng kanilang mga lupain, kanilang kalayaan, oo, kanilang kalayaan mula sa pagkaalipin.
- 49 At ito ay nangyari na, na hinarap nila ang mga Lamanita, at sa iisang tinig sila ay nagsumamo sa Panginoon nilang Diyos, para sa kanilang kalayaan at kanilang kalayaan sa pagkaalipin.
- 50 At sila ay nagsimulang makipaglaban sa mga Lamanita nang buong lakas; at sa oras ding yaon na nagsumamo sila sa Panginoon para sa kanilang kalayaan, ay nagsimulang magsitakas ang mga Lamanita mula sa kanilang harapan; at sila ay nagsitakas maging hanggang sa mga tubig ng Sidon.

Nevertheless, the Nephites were inspired by a better cause, for they were not fighting for monarchy nor power but they were fighting for their homes and their liberties, their wives and their children, and their all, yea, for their rites of worship and their church.

And they were doing that which they felt was the duty which they owed to their God; for the Lord had said unto them, and also unto their fathers, that: Inasmuch as ye are not guilty of the first offense, neither the second, ye shall not suffer yourselves to be slain by the hands of your enemies.

And again, the Lord has said that: Ye shall defend your families even unto bloodshed. Therefore for this cause were the Nephites contending with the Lamanites, to defend themselves, and their families, and their lands, their country, and their rights, and their religion.

And it came to pass that when the men of Moroni saw the fierceness and the anger of the Lamanites, they were about to shrink and flee from them. And Moroni, perceiving their intent, sent forth and inspired their hearts with these thoughts—yea, the thoughts of their lands, their liberty, yea, their freedom from bondage.

And it came to pass that they turned upon the Lamanites, and they cried with one voice unto the Lord their God, for their liberty and their freedom from bondage.

And they began to stand against the Lamanites with power; and in that selfsame hour that they cried unto the Lord for their freedom, the Lamanites began to flee before them; and they fled even to the waters of Sidon.

51 Ngayon, ang mga Lamanita ay higit na marami, oo, nang higit sa dalawang ulit ng bilang ng mga Nephita; gayon pa man, sila ay naitaboy hanggang sa natipon sila sa iisang pangkat sa lambak, sa pampang ng ilog Sidon.

52 Anupa't pinaligiran sila ng mga hukbo ni Moroni, oo, maging sa magkabilang baybay ng ilog, sapagkat masdan, sa silangan ay naroon ang mga tauhan ni Lehi.

53 Samakatwid, nang makita ni Zerahemnas ang mga tauhan ni Lehi sa silangan ng ilog Sidon, at ang mga hukbo ni Moroni sa kanluran ng ilog Sidon, na sila ay napaliligiran ng mga Nephita, sila ay nakadama ng labis na pagkatakot.

54 Ngayon si Moroni, nang makita niya ang kanilang pagkatakot, ay inutusan ang kanyang mga tauhan na tumigil sila sa pagpapadanak ng kanilang dugo.

Now, the Lamanites were more numerous, yea, by more than double the number of the Nephites; nevertheless, they were driven insomuch that they were gathered together in one body in the valley, upon the bank by the river Sidon.

Therefore the armies of Moroni encircled them about, yea, even on both sides of the river, for behold, on the east were the men of Lehi.

Therefore when Zerahemnah saw the men of Lehi on the east of the river Sidon, and the armies of Moroni on the west of the river Sidon, that they were encircled about by the Nephites, they were struck with terror.

Now Moroni, when he saw their terror, commanded his men that they should stop shedding their blood.

## Alma 44

- 1 At ito ay nangyari na, na sila ay tumigil at umurong ng ilang hakbang mula sa kanila. At sinabi ni Moroni kay Zerahemnas: Masdan, Zerahemnas, hindi kami nagnanais na maging mga taong uhaw sa dugo. Nalalaman ninyo na kayo'y nasa aming mga kamay, gayon pa man hindi namin nais na patayin kayo.
- 2 Masdan, hindi kami humarap sa pakikidigma sa inyo upang padanakin namin ang inyong dugo para sa kapangyarihan; ni hindi namin nais na dalhin ang sino man sa singkaw ng pagkaalipin. Subalit ito ang pinakadahilan kung bakit sinalakay ninyo kami; oo, at kayo ay nagagalit sa amin dahil sa aming relihiyon.
- 3 Subalit ngayon, namamasdan ninyo na kasama namin ang Panginoon; at namamasdan ninyo na kanyang ibinigay kayo sa aming mga kamay. At ngayon nais kong maunawaan ninyo na ito ay nangyari sa amin dahil sa aming relihiyon at sa aming pananampalataya kay Cristo. At ngayon nakikita ninyong hindi ninyo masisira ang aming pananampalatayang ito.
- 4 Ngayon nakikita ninyo na ito ang totoong pananampalataya sa Diyos; oo, nakikita ninyo na ang Diyos ay itinataguyod, at inaaruga at pinangangalagaan kami, hangga't kami ay tapat sa kanya, at sa aming pananampalataya, at sa aming relihiyon; at hindi pahihintulutan ng Panginoon na kami ay malipol maliban kung mahulog kami sa paglabag at itatwa ang aming pananampalataya.

## Alma 44

And it came to pass that they did stop and withdrew a pace from them. And Moroni said unto Zerahemnah: Behold, Zerahemnah, that we do not desire to be men of blood. Ye know that ye are in our hands, yet we do not desire to slay you.

Behold, we have not come out to battle against you that we might shed your blood for power; neither do we desire to bring any one to the yoke of bondage. But this is the very cause for which ye have come against us; yea, and ye are angry with us because of our religion.

But now, ye behold that the Lord is with us; and ye behold that he has delivered you into our hands. And now I would that ye should understand that this is done unto us because of our religion and our faith in Christ. And now ye see that ye cannot destroy this our faith.

Now ye see that this is the true faith of God; yea, ye see that God will support, and keep, and preserve us, so long as we are faithful unto him, and unto our faith, and our religion; and never will the Lord suffer that we shall be destroyed except we should fall into transgression and deny our faith.

5 At ngayon, Zerahemnas, inuutusan kita, sa pangalan ng makapangyarihang Diyos na yaon, na nagpalakas sa aming mga bisig kung kaya't kami ay nakakuha ng kapangyarihan laban sa inyo, sa pamamagitan ng aming pananampalataya, sa pamamagitan ng aming relihiyon, at sa pamamagitan ng aming mga seremonya sa pagsamba, at sa pamamagitan ng aming simbahan, at sa pamamagitan ng banal na pagtataguyod na utang namin sa aming mga asawa at aming mga anak, sa pamamagitan ng kalayaang yaon na bumubuklod sa amin sa aming mga lupain at sa aming bayan; oo, at sa pamamagitan din ng pagpapanatili ng banal na salita ng Diyos, kung kanino tayo nagkakautang ng lahat ng ating kaligayahan; at sa pamamagitan ng lahat ng napakahalaga sa amin—

6 Oo, at hindi lamang ito; inuutusan kita sa pamamagitan ng lahat ng paghahangad na mayroon ka sa buhay, na isuko ninyo sa amin ang inyong mga sandata ng digmaan, at hindi namin hahangarin ang inyong dugo, kundi hindi namin kikitlin ang inyong buhay, kung kayo ay hahayo sa inyong landas at hindi na muling babalik pa upang makidigma sa amin.

7 At ngayon, kung hindi ninyo gagawin ito, masdan, kayo ay nasa aming mga kamay, at uutusan ko ang aking mga tauhan na salakayin kayo, at ihataw ang mga sugat ng kamatayan sa inyong mga katawan, upang kayo ay malipol na; at doon natin makikita kung sino ang magkakaroon ng kapangyarihan sa mga taong ito; oo, makikita natin kung sino ang madadala sa pagkaalipin.

And now, Zerahemnah, I command you, in the name of that all-powerful God, who has strengthened our arms that we have gained power over you, by our faith, by our religion, and by our rites of worship, and by our church, and by the sacred support which we owe to our wives and our children, by that liberty which binds us to our lands and our country; yea, and also by the maintenance of the sacred word of God, to which we owe all our happiness; and by all that is most dear unto us—

Yea, and this is not all; I command you by all the desires which ye have for life, that ye deliver up your weapons of war unto us, and we will seek not your blood, but we will spare your lives, if ye will go your way and come not again to war against us.

And now, if ye do not this, behold, ye are in our hands, and I will command my men that they shall fall upon you, and inflict the wounds of death in your bodies, that ye may become extinct; and then we will see who shall have power over this people; yea, we will see who shall be brought into bondage.



8 At ngayon ito ay nangyari na, nang marinig ni Zerahemnas ang mga salitang ito ay lumapit siya at isinuko ang kanyang espada at ang kanyang simitar, at ang kanyang busog sa mga kamay ni Moroni, at sinabi sa kanya: Masdan, ito na ang aming mga sandata ng digmaan; isusuko namin ang mga ito sa inyo, subalit hindi namin pahihintulutan ang aming sarili na makipagsumpaan sa inyo, na nalalaman naming masisira namin, at gayon din ng aming mga anak; subalit kunin ninyo ang aming mga sandata ng digmaan, at pahintulutang kami ay lumisan patungo sa ilang; kung hindi ay pananatilihin namin ang aming mga espada, at kami'y masasawi o mamamayani.

9 Masdan, hindi kami kabilang sa inyong pananampalataya; hindi kami naniniwala na ang Diyos ang nagbigay sa amin sa inyong mga kamay; kundi naniniwala kami na ang inyong katusuhan ang nagligtas sa inyo mula sa aming mga espada. Masdan, ang inyong mga baluti sa dibdib at inyong mga kalasag ang nagligtas sa inyo.

10 At ngayon, nang matapos si Zerahemnas sa pangungusap ng mga salitang ito, isinauli ni Moroni ang espada at ang mga sandata ng digmaan, na kanyang tinanggap, kay Zerahemnas, sinasabing: Masdan, tatapusin natin ang labanan.

11 Ngayon, hindi ko na mababawi pa ang mga salitang sinabi ko, anupa't yamang ang Panginoon ay buhay, kayo ay hindi makalilisan maliban kung lilisan kayo nang may panunumpa na hindi na kayo muli pang babalik laban sa amin upang makidigma. Ngayon, sapagkat kayo ay nasa aming mga kamay ay paaagusin namin ang inyong dugo sa lupa, o kayo ay pasasailalim sa mga batayang iminungkahi ko.

12 At ngayon, nang sabihin ni Moroni ang mga salitang ito, pinanatili ni Zerahemnas ang kanyang espada, at siya ay nagalit kay Moroni, at siya ay sumugod upang mapatay niya si Moroni; subalit nang itaas niya ang kanyang espada, masdan, isa sa mga kawal ni Moroni ay hinataw ito maging sa lumagpak ito sa lupa, at nabali ito sa may puluhan; at hinataw rin niya si Zerahemnas kung kaya't natanggal niya ang kanyang anit at nalaglag ito sa lupa. At si Zerahemnas ay umurong mula sa kanilang harapan patungo sa gitna ng kanyang mga kawal.

And now it came to pass that when Zerahemnah had heard these sayings he came forth and delivered up his sword and his cimeter, and his bow into the hands of Moroni, and said unto him: Behold, here are our weapons of war; we will deliver them up unto you, but we will not suffer ourselves to take an oath unto you, which we know that we shall break, and also our children; but take our weapons of war, and suffer that we may depart into the wilderness; otherwise we will retain our swords, and we will perish or conquer.

Behold, we are not of your faith; we do not believe that it is God that has delivered us into your hands; but we believe that it is your cunning that has preserved you from our swords. Behold, it is your breastplates and your shields that have preserved you.

And now when Zerahemnah had made an end of speaking these words, Moroni returned the sword and the weapons of war, which he had received, unto Zerahemnah, saying: Behold, we will end the conflict.

Now I cannot recall the words which I have spoken, therefore as the Lord liveth, ye shall not depart except ye depart with an oath that ye will not return again against us to war. Now as ye are in our hands we will spill your blood upon the ground, or ye shall submit to the conditions which I have proposed.

And now when Moroni had said these words, Zerahemnah retained his sword, and he was angry with Moroni, and he rushed forward that he might slay Moroni; but as he raised his sword, behold, one of Moroni's soldiers smote it even to the earth, and it broke by the hilt; and he also smote Zerahemnah that he took off his scalp and it fell to the earth. And Zerahemnah withdrew from before them into the midst of his soldiers.

- 13 At ito ay nangyari na, na ang kawal na nakatayo, na siyang tumagpas sa anit ni Zerahemnas, ay kinuha ang anit sa lupa sa may buhok, at inilagay ito sa dulo ng kanyang espada, at iwinasiwas ito sa kanila, sinasabi sa kanila sa malakas na tinig:
- 14 Maging tulad ng anit na ito na bumagsak sa lupa, na anit ng inyong pinuno, kayo ay babagsak din sa lupa maliban kung isusuko ninyo ang inyong mga sandata ng digmaan at lumisan nang may tipan ng kapayapaan.
- 15 Ngayon marami, nang marinig nila ang mga salitang ito at nakita ang anit na nasa espada, ang nakadama ng takot; at marami ang lumapit at inihagis ang kanilang mga sandata ng digmaan sa paanan ni Moroni, at nakipagtipan ng kapayapaan. At kasindami ng nakipagtipan ay pinahintulutan nilang lumisan patungo sa ilang.
- 16 Ngayon ito ay nangyari na, na si Zerahemnas ay labis na napoot, at pinukaw niya ang nalalabi sa kanyang mga kawal na magalit, upang lumaban nang mas matindi laban sa mga Nephita.
- 17 At ngayon, si Moroni ay nagalit, dahil sa pagmamatigas ng mga Lamanita; kaya nga inutusan niya ang kanyang mga tao na sugurin sila at patayin sila. At ito ay nangyari na, na kanilang sinimulang patayin sila; oo, at ang mga Lamanita ay lumaban sa pamamagitan ng kanilang mga espada at sa kanilang lakas.
- 18 Subalit masdan, ang kanilang hubad na balat at kanilang mga walang takip na ulo ay nakalantad sa matatalim na espada ng mga Nephita; oo, masdan, sila ay pinagsasaksak at niligalig, oo, at labis na mabilis silang bumagsak sa mga espada ng mga Nephita; at sila ay nagsimulang mapalis, maging tulad ng iprinopesiya ng kawal ni Moroni.
- 19 Ngayon, si Zerahemnas, nang makita niya na malapit na silang malipol na lahat, ay nagsumamo nang marubdob kay Moroni, nangangako na siya ay makikipagtipan at ang kanya ring mga tao sa kanila, kung hindi nila kikitlan ng kanilang mga buhay ang nalalabi, na hindi na sila muling babalik pa upang makidigma laban sa kanila.

And it came to pass that the soldier who stood by, who smote off the scalp of Zerahemnah, took up the scalp from off the ground by the hair, and laid it upon the point of his sword, and stretched it forth unto them, saying unto them with a loud voice:

Even as this scalp has fallen to the earth, which is the scalp of your chief, so shall ye fall to the earth except ye will deliver up your weapons of war and depart with a covenant of peace.

Now there were many, when they heard these words and saw the scalp which was upon the sword, that were struck with fear; and many came forth and threw down their weapons of war at the feet of Moroni, and entered into a covenant of peace. And as many as entered into a covenant they suffered to depart into the wilderness.

Now it came to pass that Zerahemnah was exceedingly wroth, and he did stir up the remainder of his soldiers to anger, to contend more powerfully against the Nephites.

And now Moroni was angry, because of the stubbornness of the Lamanites; therefore he commanded his people that they should fall upon them and slay them. And it came to pass that they began to slay them; yea, and the Lamanites did contend with their swords and their might.

But behold, their naked skins and their bare heads were exposed to the sharp swords of the Nephites; yea, behold they were pierced and smitten, yea, and did fall exceedingly fast before the swords of the Nephites; and they began to be swept down, even as the soldier of Moroni had prophesied.

Now Zerahemnah, when he saw that they were all about to be destroyed, cried mightily unto Moroni, promising that he would covenant and also his people with them, if they would spare the remainder of their lives, that they never would come to war again against them.

- 20 At ito ay nangyari na, na muling pinatigil ni Moroni ang gawa ng kamatayan sa mga tao. At kinuha niya ang mga sandata ng digmaan sa mga Lamanita; at matapos silang makipagtipan sa kanya ng kapayapaan ay pinahintulutan silang lumisan patungo sa ilang.
- 21 Ngayon, ang bilang ng kanilang mga patay ay hindi mabilang dahil sa kalakihan ng bilang; oo, ang bilang ng kanilang mga patay ay labis-labis na malaki, kapwa sa mga Nephita at sa mga Lamanita.
- 22 At ito ay nangyari na, na itinapon nila ang kanilang mga patay sa mga tubig ng Sidon, at sila ay inanod at nalibing sa mga kailaliman ng dagat.
- 23 At ang mga hukbo ng mga Nephita, o ni Moroni, ay nagsibalik at nagsitungo sa kani-kanilang tahanan at kanilang mga lupain.
- 24 At sa gayon nagtapos ang ikalabingwalong taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi. At sa gayon nagwawakas ang talaan ni Alma, na nasusulat sa mga lamina ni Nephi.

And it came to pass that Moroni caused that the work of death should cease again among the people. And he took the weapons of war from the Lamanites; and after they had entered into a covenant with him of peace they were suffered to depart into the wilderness.

Now the number of their dead was not numbered because of the greatness of the number; yea, the number of their dead was exceedingly great, both on the Nephites and on the Lamanites.

And it came to pass that they did cast their dead into the waters of Sidon, and they have gone forth and are buried in the depths of the sea.

And the armies of the Nephites, or of Moroni, returned and came to their houses and their lands.

And thus ended the eighteenth year of the reign of the judges over the people of Nephi. And thus ended the record of Alma, which was written upon the plates of Nephi.

*Ang ulat ng mga tao ni Nephi, at ng kanilang mga digmaan at mga paghabati-bati, sa mga araw ni Helaman, ayon sa talaan ni Helaman, na kanyang iningatan noong mga araw niya.*

## Alma 45

- 1 Masdan, ngayon ito ay nangyari na, na ang mga tao ni Nephi ay labis na nagsaya, dahil sa sila ay muling iniligtas ng Panginoon mula sa mga kamay ng kanilang mga kaaway; anupa't sila ay nagbigay-pasalamat sa Panginoon nilang Diyos; oo, at labis silang nag-ayuno at labis na nanalangin, at sinamba nila ang Diyos sa labis na kagalakan.
- 2 At ito ay nangyari na, na sa ikalabingsiyam na taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi, na si Alma ay lumapit sa kanyang anak na si Helaman at sinabi sa kanya: Naniniwala ka ba sa mga salitang sinabi ko sa iyo hinggil sa yaong mga talaang iniingatan?
- 3 At sinabi ni Helaman sa kanya: Oo, naniniwala ako.
- 4 At muling sinabi ni Alma: Naniniwala ka ba kay Jesucristo, na paparito?
- 5 At sinabi niya: Oo, pinaniniwalaan ko ang lahat ng salitang inyong sinabi.
- 6 At muling sinabi ni Alma sa kanya: Susundin mo ba ang aking mga kautusan?
- 7 At sinabi niya: Oo, susundin ko nang buong puso ang inyong mga kautusan.
- 8 Pagkatapos sinabi ni Alma sa kanya: Pinagpala ka; at pauunlarin ka ng Panginoon sa lupaing ito.
- 9 Subalit masdan, ako ay may ipopropesiya sa iyo; subalit ang ipopropesiya ko ay hindi mo ipaaalam; oo, kung ano ang ipopropesiya ko sa iyo ay hindi mo ipaaalam, maging hanggang sa ang propesiya ay matupad; kaya nga, isulat mo ang mga salitang sasabihin ko.
- 10 At ito ang mga salita: Masdan, nahihiwatigan ko na ang mga tao ring ito, ang mga Nephita, alinsunod sa diwa ng paghahayag na nasa akin, sa loob ng apat na raang taon mula sa panahong ipakikita ni Jesucristo ang kanyang sarili sa kanila, ay manghihina sa kawalang-paniniwala.

*The account of the people of Nephi, and their wars and dissensions, in the days of Helaman, according to the record of Helaman, which he kept in his days.*

## Alma 45

Behold, now it came to pass that the people of Nephi were exceedingly rejoiced, because the Lord had again delivered them out of the hands of their enemies; therefore they gave thanks unto the Lord their God; yea, and they did fast much and pray much, and they did worship God with exceedingly great joy.

And it came to pass in the nineteenth year of the reign of the judges over the people of Nephi, that Alma came unto his son Helaman and said unto him: Believest thou the words which I spake unto thee concerning those records which have been kept?

And Helaman said unto him: Yea, I believe.

And Alma said again: Believest thou in Jesus Christ, who shall come?

And he said: Yea, I believe all the words which thou hast spoken.

And Alma said unto him again: Will ye keep my commandments?

And he said: Yea, I will keep thy commandments with all my heart.

Then Alma said unto him: Blessed art thou; and the Lord shall prosper thee in this land.

But behold, I have somewhat to prophesy unto thee; but what I prophesy unto thee ye shall not make known; yea, what I prophesy unto thee shall not be made known, even until the prophecy is fulfilled; therefore write the words which I shall say.

And these are the words: Behold, I perceive that this very people, the Nephites, according to the spirit of revelation which is in me, in four hundred years from the time that Jesus Christ shall manifest himself unto them, shall dwindle in unbelief.

- 11 Oo, at doon sila makakikita ng mga digmaan at salot, oo, mga taggutom at pagdanak ng dugo, maging hanggang sa ang mga tao ni Nephi ay malipol—
- 12 Oo, at ito ay dahil sa manghihina sila sa kawalang-paniniwala at mahuhulog sa mga gawa ng kadiliman, at kahalayan, at lahat ng uri ng kasamaan; oo, sinasabi ko sa iyo, dahil sa sila ay magkakasala laban sa dakilang liwanag at kaalaman, oo, sinasabi ko sa iyo, na mula sa araw na yaon, maging ang ikaapat na salinlahi ay hindi lilipas na lahat bago dumating ang labis na kasamaang ito.
- 13 At kapag dumating ang dakilang araw na yaon, masdan, ang panahon ay madaling darating na ang mga yaong ngayon, o, ang mga binhi ng mga yaong kabilang ngayon sa mga tao ni Nephi, ay hindi na mabibilang sa mga tao ni Nephi.
- 14 Subalit ang sino mang malalabi, at hindi mapapatay sa dakila at kakila-kilabot na araw na yaon, ay mabibilang sa mga Lamanita, at magiging tulad nila, lahat, maliban sa ilan na tatawaging mga disipulo ng Panginoon; at sila'y tutugisin ng mga Lamanita hanggang sa sila ay malipol. At ngayon, dahil sa kasamaan, ang propesiyang ito ay matutupad.
- 15 At ngayon ito ay nangyari na, nang matapos sabihin ni Alma ang mga bagay na ito kay Helaman, na kanyang binasbasan siya, at gayon din ang iba pa niyang mga anak; at binasbasan din niya ang lupain para sa kapakanan ng mabubuti.
- 16 At sinabi niya: Ganito ang wika ng Panginoong Diyos—Sumpain ang lupain, oo, ang lupaing ito, sa lahat ng bansa, lahi, wika, at tao, tungo sa pagkawasak, na gumagawa ng kasamaan, kapag sila ay ganap nang hinog; at tulad ng pagkakasabi ko ay gayon ang mangyayari; sapagkat ito ang pagsusumpa at pagbabasbas ng Diyos sa lupain, sapagkat ang Panginoon ay hindi makatitingin sa kasalanan nang may munti mang antas ng pagpapahintulot.
- 17 At ngayon, nang sabihin ni Alma ang mga salitang ito, binasbasan niya ang simbahan, oo, lahat ng yaong matatag na naninindigan sa pananampalataya mula sa panahong yaon at magpakailanman.

Yea, and then shall they see wars and pestilences, yea, famines and bloodshed, even until the people of Nephi shall become extinct—

Yea, and this because they shall dwindle in unbelief and fall into the works of darkness, and lasciviousness, and all manner of iniquities; yea, I say unto you, that because they shall sin against so great light and knowledge, yea, I say unto you, that from that day, even the fourth generation shall not all pass away before this great iniquity shall come.

And when that great day cometh, behold, the time very soon cometh that those who are now, or the seed of those who are now numbered among the people of Nephi, shall no more be numbered among the people of Nephi.

But whosoever remaineth, and is not destroyed in that great and dreadful day, shall be numbered among the Lamanites, and shall become like unto them, all, save it be a few who shall be called the disciples of the Lord; and them shall the Lamanites pursue even until they shall become extinct. And now, because of iniquity, this prophecy shall be fulfilled.

And now it came to pass that after Alma had said these things to Helaman, he blessed him, and also his other sons; and he also blessed the earth for the righteous' sake.

And he said: Thus saith the Lord God—Cursed shall be the land, yea, this land, unto every nation, kindred, tongue, and people, unto destruction, which do wickedly, when they are fully ripe; and as I have said so shall it be; for this is the cursing and the blessing of God upon the land, for the Lord cannot look upon sin with the least degree of allowance.

And now, when Alma had said these words he blessed the church, yea, all those who should stand fast in the faith from that time henceforth.

18 At nang ito ay magawa na ni Alma ay nilisan niya ang lupain ng Zarahemla, na tila bagang magtutungo sa lupain ng Melek. At ito ay nangyari na, na wala nang narinig pa hinggil sa kanya; hinggil sa kanyang kamatayan o libing ay wala kaming nalalaman.

19 Masdan, ito ang nalalaman namin, na siya'y isang mabuting tao; at ang kasabihan ay lumaganap sa simbahan na siya ay kinuhang paitaas ng Espiritu, o inilibing ng kamay ng Panginoon, maging tulad ni Moises. Subalit masdan, sinasabi ng mga banal na kasulatan na kinuha ng Panginoon si Moises sa kanyang sarili; at inaakala naming tinanggap din niya si Alma sa espiritu, sa kanyang sarili; anupa't sa dahilang ito kami ay walang nalalaman hinggil sa kanyang kamatayan at libing.

20 At ngayon ito ay nangyari na, na sa pagsisimula ng ikalabingsiyam na taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi, na si Helaman ay humayo sa mga tao upang ipahayag ang salita sa kanila.

21 Sapagkat masdan, dahil sa kanilang mga pakikidigma sa mga Lamanita at sa maraming maliit na pagtatalu-talo at kaguluhang naganap sa mga tao, ay kinailangang ipahayag ang salita ng Diyos sa kanila, oo, at kinailangang magkaroon ng isang pamamalakad sa buong simbahan.

22 Kaya nga, si Helaman at ang kanyang mga kapatid ay humayo upang itatag na muli ang simbahan sa lahat ng lupain, oo, sa bawat lunsod sa lahat ng dako ng buong lupain na pag-aari ng mga tao ni Nephi. At ito ay nangyari na, na sila ay naghirang ng mga saserdote at guro sa lahat ng dako ng buong lupain, sa lahat ng simbahan.

23 At ngayon ito ay nangyari na, na matapos makapaghirang si Helaman at ang kanyang mga kapatid ng mga saserdote at guro sa mga simbahan ay nagkaroon ng pagtatalu-talo sa kanila, at sila ay tumangging makinig sa mga salita ni Helaman at ng kanyang mga kapatid;

24 Kundi sila ay naging palalo, naging mapagmataas sa kanilang mga puso, dahil sa kanilang labis-labis na kayamanan; anupa't sila ay naging mayayaman sa kanilang sariling mga paningin, at tumangging makinig sa kanilang mga salita, na lumakad ng matwid sa harapan ng Diyos.

And when Alma had done this he departed out of the land of Zarahemla, as if to go into the land of Melek. And it came to pass that he was never heard of more; as to his death or burial we know not of.

Behold, this we know, that he was a righteous man; and the saying went abroad in the church that he was taken up by the Spirit, or buried by the hand of the Lord, even as Moses. But behold, the scriptures saith the Lord took Moses unto himself; and we suppose that he has also received Alma in the spirit, unto himself; therefore, for this cause we know nothing concerning his death and burial.

And now it came to pass in the commencement of the nineteenth year of the reign of the judges over the people of Nephi, that Helaman went forth among the people to declare the word unto them.

For behold, because of their wars with the Lamanites and the many little dissensions and disturbances which had been among the people, it became expedient that the word of God should be declared among them, yea, and that a regulation should be made throughout the church.

Therefore, Helaman and his brethren went forth to establish the church again in all the land, yea, in every city throughout all the land which was possessed by the people of Nephi. And it came to pass that they did appoint priests and teachers throughout all the land, over all the churches.

And now it came to pass that after Helaman and his brethren had appointed priests and teachers over the churches that there arose a dissension among them, and they would not give heed to the words of Helaman and his brethren;

But they grew proud, being lifted up in their hearts, because of their exceedingly great riches; therefore they grew rich in their own eyes, and would not give heed to their words, to walk uprightly before God.

## Alma 46

- 1 At ito ay nangyari na, na kasindami ng tumangging makinig sa mga salita ni Helaman at ng kanyang mga kapatid ay sama-samang nagtipon laban sa kanilang mga kapatid.
- 2 At ngayon masdan, sila ay labis na napoot, kung kaya't pinagtikahan nilang patayin sila.
- 3 Ngayon, ang pinuno ng yaong mga napopoot sa kanilang mga kapatid ay isang malaki at malakas na lalaki; at ang kanyang pangalan ay Amalikeo.
- 4 At si Amalikeo ay nagnais na maging hari; at ang mga yaong taong napopoot ay nagnais ding siya ang kanilang maging hari; at sila ang nakararaming bahagi ng mga nakabababang hukom ng lupain, at sila ay naghahangad ng kapangyarihan.
- 5 At sila ay naakay ng mga panghihibok ni Amalikeo, na kung kanilang itataguyod siya at iluluklok siya bilang kanilang hari na kanyang gagawin silang mga tagapamahala sa mga tao.
- 6 Sa gayon sila naakay palayo ni Amalikeo sa mga pagtiwalag, sa kabila ng mga pangangaral ni Helaman at ng kanyang mga kapatid, oo, sa kabila ng kanilang labis-labis na pagkalinga sa simbahan, sapagkat sila'y matataas na saserdote sa simbahan.
- 7 At marami sa simbahan ang naniwala sa mahihibok na salita ni Amalikeo, kaya nga, sila ay tumiwalag maging sa simbahan; at sa gayon ang mga pangyayari sa mga tao ni Nephi ay labis na walang kapanatagan at mapanganib, sa kabila ng kanilang malaking tagumpay na natamo nila sa mga Lamanita, at kanilang labis na kasiyahan na natamo dahil sa kanilang pagkakaligtas sa pamamagitan ng kamay ng Panginoon.
- 8 Sa gayon nakikita natin kung gaano kabilis makalimot ang mga anak ng tao sa Panginoon nilang Diyos, oo, gaano kabilis gumawa ng kasamaan, at maakay palayo ng yaong masama.
- 9 Oo, at nakikita rin natin ang malaking kasamaang naidudulot ng isang napakasamang tao sa mga anak ng tao.

## Alma 46

And it came to pass that as many as would not hearken to the words of Helaman and his brethren were gathered together against their brethren.

And now behold, they were exceedingly wroth, in-somuch that they were determined to slay them.

Now the leader of those who were wroth against their brethren was a large and a strong man; and his name was Amalickiah.

And Amalickiah was desirous to be a king; and those people who were wroth were also desirous that he should be their king; and they were the greater part of them the lower judges of the land, and they were seeking for power.

And they had been led by the flatteries of Amalickiah, that if they would support him and establish him to be their king that he would make them rulers over the people.

Thus they were led away by Amalickiah to dissensions, notwithstanding the preaching of Helaman and his brethren, yea, notwithstanding their exceedingly great care over the church, for they were high priests over the church.

And there were many in the church who believed in the flattering words of Amalickiah, therefore they dissented even from the church; and thus were the affairs of the people of Nephi exceedingly precarious and dangerous, notwithstanding their great victory which they had had over the Lamanites, and their great rejoicings which they had had because of their deliverance by the hand of the Lord.

Thus we see how quick the children of men do forget the Lord their God, yea, how quick to do iniquity, and to be led away by the evil one.

Yea, and we also see the great wickedness one very wicked man can cause to take place among the children of men.

- 10 Oo, nakikita natin na si Amalikeo, dahil sa siya ay isang taong may tusong pamamaraan at isang taong maraming mahihibok na salita, kaya nga naakay niyang palayo ang mga puso ng maraming tao upang gumawa ng masama; oo, at upang hangaring wasakin ang simbahan ng Diyos, at wasakin ang saligan ng kalayaan na ibinigay ng Diyos sa kanila, o pagpapalang ipinadala ng Diyos sa ibabaw ng lupain alang-alang sa mabubuti.
- 11 At ngayon ito ay nangyari na, nang si Moroni, na siyang punong komandante ng mga hukbo ng mga Nephita, ay narinig ang hinggil sa mga pagtiwalag na ito, na siya ay nagalit kay Amalikeo.
- 12 At ito ay nangyari na, na pinunit niya ang kanyang bata; at kinuha niya ang isang piraso niyon, at sinulatan ito—Sa alaala ng ating Diyos, ating relihiyon, at kalayaan, at ating kapayapaan, ating mga asawa, at ating mga anak—at ikinabit niya ito sa dulo ng isang mahabang kahoy.
- 13 At isinuot niya ang kanyang baluti sa ulo, at kanyang baluti sa dibdib, at kanyang mga kalasag, at ibinigkis ang kanyang baluti sa kanyang balakang; at kinuha niya ang mahabang kahoy, kung saan nakakabit sa dulo niyon ang kanyang pinunit na bata, (at tinawag niya itong ang bandila ng kalayaan) at iniyukod niya ang kanyang sarili sa lupa, at siya ay nanalangin nang mataimtim sa kanyang Diyos upang ang mga pagpapala ng kalayaan ay mapasakanyang mga kapatid, hangga't may pangkat ng mga Cristiyanonang nananatili upang angkinin ang lupain—
- 14 Sapagkat sa gayon ang lahat ng tunay na naniniwala kay Cristo, na nabibilang sa simbahan ng Diyos, ay tinatawag ng mga yaong hindi nabibilang sa simbahan.
- 15 At ang mga yaong kabilang sa simbahan ay matatapat; oo, lahat ng yaong tunay na naniniwala kay Cristo ay tinaglay sa kanilang sarili, nang may kagalakan, ang pangalan ni Cristo, o mga Cristiyano kung sila ay tawagin, dahil sa kanilang paniniwala kay Cristo na paparito.
- 16 At kaya nga, sa panahong ito, ipinanalangin ni Moroni na ang kapakanan ng mga Cristiyano, at ang kalayaan ng lupain ay itaguyod.

Yea, we see that Amalickiah, because he was a man of cunning device and a man of many flattering words, that he led away the hearts of many people to do wickedly; yea, and to seek to destroy the church of God, and to destroy the foundation of liberty which God had granted unto them, or which blessing God had sent upon the face of the land for the righteous' sake.

And now it came to pass that when Moroni, who was the chief commander of the armies of the Nephites, had heard of these dissensions, he was angry with Amalickiah.

And it came to pass that he rent his coat; and he took a piece thereof, and wrote upon it—In memory of our God, our religion, and freedom, and our peace, our wives, and our children—and he fastened it upon the end of a pole.

And he fastened on his head-plate, and his breast-plate, and his shields, and girded on his armor about his loins; and he took the pole, which had on the end thereof his rent coat, (and he called it the title of liberty) and he bowed himself to the earth, and he prayed mightily unto his God for the blessings of liberty to rest upon his brethren, so long as there should a band of Christians remain to possess the land—

For thus were all the true believers of Christ, who belonged to the church of God, called by those who did not belong to the church.

And those who did belong to the church were faithful; yea, all those who were true believers in Christ took upon them, gladly, the name of Christ, or Christians as they were called, because of their belief in Christ who should come.

And therefore, at this time, Moroni prayed that the cause of the Christians, and the freedom of the land might be favored.



- 17 At ito ay nangyari na, nang maibuhos niya ang kanyang kaluluwa sa Diyos, ay binansagan niya ang lahat ng lupain na nasa timog ng lupaing Kapanglawan, oo, at sa madaling salita, lahat ng lupain, kapwa sa hilaga at sa timog—Isang piniling lupain, at ang lupain ng kalayaan.
- 18 At sinabi niya: Tunay na hindi pahihintulutan ng Diyos na tayo, na kinamumuhian dahil sa tinaglay natin sa ating sarili ang pangalan ni Cristo, ay yurakan at lipulin, hanggang sa ipataw natin ito sa ating sarili sa pamamagitan ng ating sariling mga kasalanan.
- 19 At nang sabihin ni Moroni ang mga salitang ito, siya ay humayo sa mga tao, iwinawagayway ang pinunit na bahagi ng kanyang kasuotan sa hangin, upang makita ng lahat ang sulat na isinulat niya sa pinunit na bahagi, at sumisigaw sa malakas na tinig, sinasabing:
- 20 Masdan, sino man ang magpapanatili sa bandilang ito sa lupain, magsilapit sila sa lakas ng Panginoon, at makipagtipang pananatilihin nila ang kanilang mga karapatan, at kanilang relihiyon, upang pagpalain sila ng Panginoong Diyos.
- 21 At ito ay nangyari na, nang ipahayag ni Moroni ang mga salitang ito, masdan, sama-samang patakpong nagsidatingan ang mga tao na nakabigkis ang kanilang mga baluti sa kanilang mga balakang, pinupunit ang kanilang mga kasuotan bilang palatandaan, o bilang isang pakikipagtipan, na hindi nila tatalikuran ang Panginoon nilang Diyos; oo, sa ibang salita, kung sila ay lalabag sa mga kautusan ng Diyos, o mahuhulog sa paglabag, at mahihiyang taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ni Cristo, sila ay wawasakin ng Panginoon maging tulad ng pagpunit nila sa kanilang mga kasuotan.
- 22 Ngayon ito ang tipang ginawa nila, at inihagis nila ang kanilang mga kasuotan sa paanan ni Moroni, sinasabing: Kami ay nakikipagtipan sa aming Diyos, na kami'y lipulin, katulad ng aming mga kapatid sa lupaing pahilaga, kung kami ay mahuhulog sa paglabag; oo, maaari niya kaming ihagis sa paanan ng aming mga kaaway, maging katulad ng pagkakahagis namin sa aming mga kasuotan sa iyong paanan upang yapak-yapakan sa ilalim ng mga paa, kung kami ay mahuhulog sa paglabag.

And it came to pass that when he had poured out his soul to God, he named all the land which was south of the land Desolation, yea, and in fine, all the land, both on the north and on the south—A chosen land, and the land of liberty.

And he said: Surely God shall not suffer that we, who are despised because we take upon us the name of Christ, shall be trodden down and destroyed, until we bring it upon us by our own transgressions.

And when Moroni had said these words, he went forth among the people, waving the rent part of his garment in the air, that all might see the writing which he had written upon the rent part, and crying with a loud voice, saying:

Behold, whosoever will maintain this title upon the land, let them come forth in the strength of the Lord, and enter into a covenant that they will maintain their rights, and their religion, that the Lord God may bless them.

And it came to pass that when Moroni had proclaimed these words, behold, the people came running together with their armor girded about their loins, rending their garments in token, or as a covenant, that they would not forsake the Lord their God; or, in other words, if they should transgress the commandments of God, or fall into transgression, and be ashamed to take upon them the name of Christ, the Lord should rend them even as they had rent their garments.

Now this was the covenant which they made, and they cast their garments at the feet of Moroni, saying: We covenant with our God, that we shall be destroyed, even as our brethren in the land northward, if we shall fall into transgression; yea, he may cast us at the feet of our enemies, even as we have cast our garments at thy feet to be trodden under foot, if we shall fall into transgression.

23 Sinabi ni Moroni sa kanila: Masdan, tayo ay labi ng mga binhi ni Jacob; oo, tayo ay labi ng mga binhi ni Jose, kung kaninong bata ay pinagpunit-punit ng kanyang mga kapatid sa maraming piraso; oo, at ngayon masdan, pakatandaan nating sundin ang mga kautusan ng Diyos, o ang ating mga kasuotan ay pagpupunit-punitin ng ating mga kapatid, at tayo ay itatapon sa bilangguan, o ipagbibili, o mapatay.

24 Oo, halina't pangalagaan natin ang ating kalayaan bilang labi ni Jose; oo, alalahanin natin ang mga salita ni Jacob, bago ang kanyang kamatayan, sapagkat masdan, nakita niya na may isang bahagi ng labi ng bata ni Jose ang naingatan at hindi nasira. At sinabi niya—Maging tulad ng pag-iingat sa labi ng kasuotang ito ng aking anak, gayon din ay may pangangalagaang isang labi ng mga binhi ng aking anak sa pamamagitan ng kamay ng Diyos, at dadalhin sa kanyang sarili, samantalang ang nalalabi sa mga binhi ni Jose ay masasawi, maging tulad ng labi ng kanyang kasuotan.

25 Ngayon masdan, binibigyan nito ng kalungkutan ang aking kaluluwa; gayon pa man, may galak ang aking puso sa aking anak, dahil sa yaong bahagi ng kanyang mga binhing kukunin ng Diyos.

26 Ngayon masdan, ito ang winika ni Jacob.

27 At ngayon sino ang nakaaalam kung sino yaong labi ng mga binhi ni Jose, na masisirang tulad ng kanyang kasuotan, ay ang mga yaong tumiwalag mula sa atin? Oo, at maging ito ay magiging tayo rin kung hindi tayo matatag na maninindigan sa pananampalataya kay Cristo.

28 Ngayon ito ay nangyari na, nang sabihin ni Moroni ang mga salitang ito ay humayo siya, at nagpasabi rin sa lahat ng dako ng lupain kung saan may mga nagsipagtiwalag, at kinalap ang lahat ng taong nagnanais na mapanatili ang kanilang kalayaan, upang sumalungat laban kay Amalikeo at sa mga yaong nagsitiwalag, na tinatawag na mga Amalikeohita.

Moroni said unto them: Behold, we are a remnant of the seed of Jacob; yea, we are a remnant of the seed of Joseph, whose coat was rent by his brethren into many pieces; yea, and now behold, let us remember to keep the commandments of God, or our garments shall be rent by our brethren, and we be cast into prison, or be sold, or be slain.

Yea, let us preserve our liberty as a remnant of Joseph; yea, let us remember the words of Jacob, before his death, for behold, he saw that a part of the remnant of the coat of Joseph was preserved and had not decayed. And he said—Even as this remnant of garment of my son hath been preserved, so shall a remnant of the seed of my son be preserved by the hand of God, and be taken unto himself, while the remainder of the seed of Joseph shall perish, even as the remnant of his garment.

Now behold, this giveth my soul sorrow; nevertheless, my soul hath joy in my son, because of that part of his seed which shall be taken unto God.

Now behold, this was the language of Jacob.

And now who knoweth but what the remnant of the seed of Joseph, which shall perish as his garment, are those who have dissented from us? Yea, and even it shall be ourselves if we do not stand fast in the faith of Christ.

And now it came to pass that when Moroni had said these words he went forth, and also sent forth in all the parts of the land where there were dissensions, and gathered together all the people who were desirous to maintain their liberty, to stand against Amalickiah and those who had dissented, who were called Amalickiahites.

29 At ito ay nangyari na, nang makita ni Amalikeo na higit na nakararami ang mga tao ni Moroni kaysa sa mga Amalikeohita—at nakita rin niya na ang kanyang mga tao ay nag-aalinlangan hinggil sa katarungan ng panig na kanilang inaniban—kaya nga, nangangambang baka hindi niya makamit ang layunin, ipinagsama niya yaong kanyang mga tao na ibig sumama at lumisan patungo sa lupain ng Nephi.

30 Ngayon inakala ni Moroni na hindi kinakailangang magkaroon ng higit pang lakas ang mga Lamanita; anupa't kanyang naisip na harangin ang mga tao ni Amalikeo, o dakpin sila at ibalik sila, at patayin si Amalikeo; oo, sapagkat nalalaman niya na kanyang pupukawin ang mga Lamanita na magalit laban sa kanila, at uudyukan sila na sumalakay upang makidigma laban sa kanila; at ito ay alam niyang gagawin ni Amalikeo upang makamit niya ang kanyang mga layunin.

31 Kaya nga, inakala ni Moroni na kinakailangang ipagsama niya ang kanyang mga hukbo, na magkakasamang tinipon ang kanilang sarili, at sinandatahan ang kanilang sarili, at nakipagtipan na panatilihin ang kapayapaan—at ito ay nangyari na, na ipinagsama niya ang kanyang hukbo at humayong dala ang kanilang mga tolda patungo sa ilang, upang harangin ang daraanan ni Amalikeo sa ilang.

32 At ito ay nangyari na, na ginawa niya ang naaalinsunod sa kanyang mga naisin, at humayo sa ilang, at hinadlangan ang mga hukbo ni Amalikeo.

33 At ito ay nangyari na, na si Amalikeo ay tumakas na kasama ang maliit na bilang ng kanyang mga tauhan, at ang nalabi ay nahulog sa mga kamay ni Moroni at dinalang pabalik sa lupain ng Zarahemla.

34 Ngayon, si Moroni na isang lalaking hinirang ng mga punong hukom at ng tinig ng mga tao, kaya nga, siya ay may kapangyarihan alinsunod sa kanyang kagustuhan sa mga hukbo ng mga Nephita, na magtatag at gumamit ng kapangyarihan sa kanila.

35 At ito ay nangyari na, na sino man sa mga Amalikeohita ang tumangging makipagtipan na itataguyod ang layunin ng kalayaan, upang sila ay makapagpanatili ng malayang pamahalaan, ay ipinapapatay niya; at kakaunti lamang ang tumanggi sa tipan ng kalayaan.

And it came to pass that when Amalickiah saw that the people of Moroni were more numerous than the Amalickiahites—and he also saw that his people were doubtful concerning the justice of the cause in which they had undertaken—therefore, fearing that he should not gain the point, he took those of his people who would and departed into the land of Nephi.

Now Moroni thought it was not expedient that the Lamanites should have any more strength; therefore he thought to cut off the people of Amalickiah, or to take them and bring them back, and put Amalickiah to death; yea, for he knew that he would stir up the Lamanites to anger against them, and cause them to come to battle against them; and this he knew that Amalickiah would do that he might obtain his purposes.

Therefore Moroni thought it was expedient that he should take his armies, who had gathered themselves together, and armed themselves, and entered into a covenant to keep the peace—and it came to pass that he took his army and marched out with his tents into the wilderness, to cut off the course of Amalickiah in the wilderness.

And it came to pass that he did according to his desires, and marched forth into the wilderness, and headed the armies of Amalickiah.

And it came to pass that Amalickiah fled with a small number of his men, and the remainder were delivered up into the hands of Moroni and were taken back into the land of Zarahemla.

Now, Moroni being a man who was appointed by the chief judges and the voice of the people, therefore he had power according to his will with the armies of the Nephites, to establish and to exercise authority over them.

And it came to pass that whomsoever of the Amalickiahites that would not enter into a covenant to support the cause of freedom, that they might maintain a free government, he caused to be put to death; and there were but few who denied the covenant of freedom.

- 36 At ito rin ay nangyari na, na ipinataas niya ang bandila ng kalayaan sa bawat tore na nasa lahat ng lupain, na pag-aari ng mga Nephita; at sa ganito itinayo ni Moroni ang bandila ng kalayaan sa mga Nephita.
- 37 At sila ay nagsimulang muling magkaroon ng kapayapaan sa lupain; at sa gayon nila napanatili ang kapayapaan sa lupain hanggang sa pagtatapos ng ikalabingsiyam na taon ng panunungkulan ng mga hukom.
- 38 At si Helaman at ang matataas na saserdote ay nagpanatili rin ng kaayusan sa simbahan; oo, maging sa loob ng apat na taon ay nagkaroon sila ng labis na kapayapaan at pagsasaya sa simbahan.
- 39 At ito ay nangyari na, na marami ang namatay, matibay na naniniwala na ang kanilang mga kaluluwa ay tinubos ng Panginoong Jesucristo; sa gayon sila lumisan sa daigdig na nagsasaya.
- 40 At may ilang nangamatay sa mga lagnat, na sa ilang panahon ay napakadulas sa lupain—subalit hindi gaanong malubha ang mga lagnat dahil sa labis na kainaman ng maraming halaman at ugat na inihanda ng Diyos upang maalis ang sanhi ng mga karamdaman, na pumapasailalim sa mga tao dahil sa kalagayan ng klima—
- 41 Subalit marami ang nangamatay dahil sa katandaan; at ang mga yaong nangamatay sa pananampalataya kay Cristo ay maligaya sa kanya, tulad ng nararapat nating akalain.

And it came to pass also, that he caused the title of liberty to be hoisted upon every tower which was in all the land, which was possessed by the Nephites; and thus Moroni planted the standard of liberty among the Nephites.

And they began to have peace again in the land; and thus they did maintain peace in the land until nearly the end of the nineteenth year of the reign of the judges.

And Helaman and the high priests did also maintain order in the church; yea, even for the space of four years did they have much peace and rejoicing in the church.

And it came to pass that there were many who died, firmly believing that their souls were redeemed by the Lord Jesus Christ; thus they went out of the world rejoicing.

And there were some who died with fevers, which at some seasons of the year were very frequent in the land—but not so much so with fevers, because of the excellent qualities of the many plants and roots which God had prepared to remove the cause of diseases, to which men were subject by the nature of the climate—

But there were many who died with old age; and those who died in the faith of Christ are happy in him, as we must needs suppose.

## Alma 47

- 1 Ngayon, tayo ay magbabalik sa ating talaan kay Amalikeo at yaong mga nagsitakas na kasama niya patungo sa ilang; sapagkat masdan, ipinagsama niya ang mga yaong sumama sa kanya, at umahon sa lupain ng Nephi sa mga Lamanita, at pinukaw ang mga Lamanita na magalit laban sa mga tao ni Nephi, hanggang sa ang hari ng mga Lamanita ay nagpadala ng pahayag sa lahat ng dako ng kanyang lupain, sa lahat ng kanyang mga tao, na muli silang sama-samang magtipon upang makidigma sa mga Nephita.
- 2 At ito ay nangyari na, nang ang pahayag ay ipagutos sa kanila na labis silang natakot; oo, natakot silang galitin ang hari, at sila ay natakot ding makidigma sa mga Nephita at baka masawi ang kanilang mga buhay. At ito ay nangyari na, na sila ay tumanggi, o ang nakararaming bahagi nila ay tumangging sundin ang mga kautusan ng hari.
- 3 At ngayon ito ay nangyari na, na ang hari ay napoot dahil sa kanilang pagsuway; kaya nga ibinigay niya kay Amalikeo ang kapangyarihan sa yaong bahagi ng kanyang hukbo na masunurin sa kanyang mga utos, at inutusan siyang humayo at pilitin silang manandata.
- 4 Ngayon masdan, ito ang nais ni Amalikeo; sapagkat siya'y napakatusong tao sa paggawa ng kasamaan anupa't siya ay bumuo ng plano sa kanyang puso na agawan ng korona ang hari ng mga Lamanita.
- 5 At ngayon nakuha niya ang kapangyarihan sa yaong mga bahagi ng mga Lamanita na tumatangkilik sa hari; at hinangad niyang makuha ang pagsang-ayon ng mga yaong hindi masunurin; anupa't siya ay nagtungo sa lugar na tinatawag na Onidas, sapagkat dito nagsitungo ang lahat ng Lamanita; sapagkat kanilang natuklasang dumarating ang hukbo, at, inaakalang dumarating sila upang lipulin sila, kaya nga, sila ay nagsitungo sa Onidas, sa lugar ng mga sandata.
- 6 At sila ay naghirang ng isang lalaki na maging hari at pinuno nila, na may katiyakan sa kanilang pag-iisip lakip ang di matinag na pagpapasiyang hindi sila papipilit na humayo laban sa mga Nephita.

## Alma 47

Now we will return in our record to Amalickiah and those who had fled with him into the wilderness; for, behold, he had taken those who went with him, and went up in the land of Nephi among the Lamanites, and did stir up the Lamanites to anger against the people of Nephi, insomuch that the king of the Lamanites sent a proclamation throughout all his land, among all his people, that they should gather themselves together again to go to battle against the Nephites.

And it came to pass that when the proclamation had gone forth among them they were exceedingly afraid; yea, they feared to displease the king, and they also feared to go to battle against the Nephites lest they should lose their lives. And it came to pass that they would not, or the more part of them would not, obey the commandments of the king.

And now it came to pass that the king was wroth because of their disobedience; therefore he gave Amalickiah the command of that part of his army which was obedient unto his commands, and commanded him that he should go forth and compel them to arms.

Now behold, this was the desire of Amalickiah; for he being a very subtle man to do evil therefore he laid the plan in his heart to dethrone the king of the Lamanites.

And now he had got the command of those parts of the Lamanites who were in favor of the king; and he sought to gain favor of those who were not obedient; therefore he went forward to the place which was called Onidah, for thither had all the Lamanites fled; for they discovered the army coming, and, supposing that they were coming to destroy them, therefore they fled to Onidah, to the place of arms.

And they had appointed a man to be a king and a leader over them, being fixed in their minds with a determined resolution that they would not be subjected to go against the Nephites.

- 7 At ito ay nangyari na, na kanilang sama-samang tinipon ang sarili sa tuktok ng bundok na tinatawag na Antipas, bilang paghahanda sa pakikidigma.
- 8 Ngayon hindi hangad ni Amalikeo na sila ay digmain alinsunod sa mga kautusan ng hari; kundi masdan, layunin niya na makuha ang pagsang-ayon ng mga hukbo ng mga Lamanita, upang mailagay niya ang sarili sa kanilang pamumuno at agawan ng korona ang hari at angkinin ang kaharian.
- 9 At masdan, ito ay nangyari na, na inutusan niya ang kanyang hukbo na magtayo ng kanilang mga tolda sa lambak na malapit sa bundok ng Antipas.
- 10 At ito ay nangyari na, nang sumapit ang gabi siya ay nagpasugo ng lihim na mensahero patungo sa bundok ng Antipas, hinihiling na ang pinuno ng mga yaong nasa bundok, na nagngangalang Lehonti, na siya ay bumaba sa paanan ng bundok, sapagkat nais niya na siya'y kausapin.
- 11 At ito ay nangyari na, nang matanggap ni Lehonti ang mensahe ay hindi siya nagtangkang bumaba sa paanan ng bundok. At ito ay nangyari na, na si Amalikeo ay muling nagpasabi sa ikalawang pagkakataon, hinihiling na siya ay bumaba. At ito ay nangyari na, na tumanggi si Lehonti; at muli siyang nagpasabi sa ikatlong pagkakataon.
- 12 At ito ay nangyari na, nang malaman ni Amalikeo na hindi niya makuhang pababain si Lehonti mula sa bundok, siya ay umahon sa bundok, sa malapit sa kuta ni Lehonti; at muli niyang ipinasabi ang kanyang mensahe sa ikaapat na pagkakataon kay Lehonti, hinihiling na siya ay bumaba, at dalhin niya ang kanyang mga bantay na kasama niya.
- 13 At ito ay nangyari na, nang bumaba si Lehonti na kasama ang kanyang mga bantay kay Amalikeo, na hiniling ni Amalikeo na siya ay bumabang kasama ang kanyang hukbo sa gabi, at paligiran yaong mga tauhan niya na nasa kanilang mga kuta na ibinigay ng hari sa ilalim ng kanyang pamumuno, at na kanyang ibibigay sila sa mga kamay ni Lehonti, kung kanyang gagawin siyang pangalawang pinuno (Amalikeo) sa buong hukbo.
- 14 At ito ay nangyari na, na si Lehonti ay bumabang kasama ang kanyang mga tauhan at pinaligiran ang mga tauhan ni Amalikeo, kung kaya't bago sila nagising sa pagsikat ng araw ay napaliligiran na sila ng mga hukbo ni Lehonti.

And it came to pass that they had gathered themselves together upon the top of the mount which was called Antipas, in preparation to battle.

Now it was not Amalickiah's intention to give them battle according to the commandments of the king; but behold, it was his intention to gain favor with the armies of the Lamanites, that he might place himself at their head and dethrone the king and take possession of the kingdom.

And behold, it came to pass that he caused his army to pitch their tents in the valley which was near the mount Antipas.

And it came to pass that when it was night he sent a secret embassy into the mount Antipas, desiring that the leader of those who were upon the mount, whose name was Lehonti, that he should come down to the foot of the mount, for he desired to speak with him.

And it came to pass that when Lehonti received the message he durst not go down to the foot of the mount. And it came to pass that Amalickiah sent again the second time, desiring him to come down. And it came to pass that Lehonti would not; and he sent again the third time.

And it came to pass that when Amalickiah found that he could not get Lehonti to come down off from the mount, he went up into the mount, nearly to Lehonti's camp; and he sent again the fourth time his message unto Lehonti, desiring that he would come down, and that he would bring his guards with him.

And it came to pass that when Lehonti had come down with his guards to Amalickiah, that Amalickiah desired him to come down with his army in the night-time, and surround those men in their camps over whom the king had given him command, and that he would deliver them up into Lehonti's hands, if he would make him (Amalickiah) a second leader over the whole army.

And it came to pass that Lehonti came down with his men and surrounded the men of Amalickiah, so that before they awoke at the dawn of day they were surrounded by the armies of Lehonti.

15 At ito ay nangyari na, nang makitang napaliligiran sila, na nagmakaawa sila kay Amalikeo na pahintulutan niya silang umanib sa kanilang mga kapatid, upang hindi sila malipol. Ngayon, ito ang siya ring naisin ni Amalikeo.

16 At ito ay nangyari na, na isinuko niya ang kanyang mga tauhan, salungat sa mga utos ng hari. Ngayon, ito ang bagay na ninais ni Amalikeo, upang maisakatuparan niya ang kanyang mga balak sa pag-aagaw ng korona ng hari.

17 Ngayon kaugalian sa mga Lamanita, kung ang kanilang punong pinuno ay mapatay, na hirangin ang pangalawang pinuno na maging punong pinuno nila.

18 At ito ay nangyari na, na inutusan ni Amalikeo ang isa sa kanyang mga tagapagsilbi na unti-unting lasunin si Lehonti, kung kaya't siya ay namatay.

19 Ngayon, nang si Lehonti ay patay na, hinirang ng mga Lamanita si Amalikeo na maging kanilang pinuno at kanilang punong komandante.

20 At ito ay nangyari na, na si Amalikeo ay humayong kasama ang kanyang mga hukbo (sapagkat nakamtan niya ang kanyang mga naisin) sa lupain ng Nephi, sa lunsod ng Nephi, na siyang punong lunsod.

21 At lumabas ang hari na kasama ang kanyang mga bantay upang salubungin siya, sapagkat inakala niya na natupad ni Amalikeo ang kanyang mga utos, at na nakapangalap si Amalikeo ng higit na malaking hukbo upang sumalakay laban sa mga Nephita sa pakikidigma.

22 Subalit masdan, habang lumalabas ang hari upang salubungin siya ay inutusan ni Amalikeo ang kanyang mga tagapagsilbi na humayo upang salubungin ang hari. At sila ay humayo at iniyukod nila ang sarili sa harapan ng hari, na parang binibigyang-galang siya dahil sa kanyang katungkulan.

23 At ito ay nangyari na, na iniunat ng hari ang kanyang kamay upang patayuin sila, tulad ng nakaugalian ng mga Lamanita, bilang tanda ng kapayapaan, kung aling kaugalian ay nakuha nila sa mga Nephita.

And it came to pass that when they saw that they were surrounded, they pled with Amalickiah that he would suffer them to fall in with their brethren, that they might not be destroyed. Now this was the very thing which Amalickiah desired.

And it came to pass that he delivered his men, contrary to the commands of the king. Now this was the thing that Amalickiah desired, that he might accomplish his designs in dethroning the king.

Now it was the custom among the Lamanites, if their chief leader was killed, to appoint the second leader to be their chief leader.

And it came to pass that Amalickiah caused that one of his servants should administer poison by degrees to Lehonti, that he died.

Now, when Lehonti was dead, the Lamanites appointed Amalickiah to be their leader and their chief commander.

And it came to pass that Amalickiah marched with his armies (for he had gained his desires) to the land of Nephi, to the city of Nephi, which was the chief city.

And the king came out to meet him with his guards, for he supposed that Amalickiah had fulfilled his commands, and that Amalickiah had gathered together so great an army to go against the Nephites to battle.

But behold, as the king came out to meet him Amalickiah caused that his servants should go forth to meet the king. And they went and bowed themselves before the king, as if to reverence him because of his greatness.

And it came to pass that the king put forth his hand to raise them, as was the custom with the Lamanites, as a token of peace, which custom they had taken from the Nephites.

24 At ito ay nangyari na, nang patayuin niya ang una mula sa lupa, masdan, sinaksak niya ang hari sa puso; at siya ay nalugmok sa lupa.

25 Ngayon, ang mga tagapagsilbi ng hari ay nagpanakbuhan; at ang mga tagapagsilbi ni Amalikeo ay sumigaw, sinasabing:

26 Masdan, ang mga tagapagsilbi ng hari ay sinaksak siya sa puso, at siya ay namatay at nagsitakas sila; masdan, halina't tingnan.

27 At ito ay nangyari na, na inutusan ni Amalikeo ang kanyang mga hukbo na humayo at tingnan kung ano ang nangyari sa hari; at nang sila ay makarating sa lugar, at natagpuang nakahiga ang hari sa kanyang sariling dugo, ay nagkunwaring galit si Amalikeo, at sinabi: Kung sino man ang nagmamahal sa hari, humayo siya, at tugisin ang kanyang mga tagapagsilbi upang sila ay mapatay.

28 At ito ay nangyari na, na lahat silang nagmamahal sa hari, nang marinig nila ang mga salitang ito, ay nagsihayo at tinugis ang mga tagapagsilbi ng hari.

29 Ngayon, nang makita ng mga tagapagsilbi ng hari na may hukbong tumutugis sa kanila, ay muli silang natakot, at nagsitakas patungo sa ilang, at nagtungo sa lupain ng Zarahemla at nakiisa sa mga tao ni Ammon.

30 At ang hukbong tumutugis sa kanila ay nagsibalik, na nabigo sa pagtugis sa kanila; at sa gayon si Amalikeo, sa pamamagitan ng kanyang pandaraya, ay nakuha ang kalooban ng mga tao.

31 At ito ay nangyari na, na kinabukasan siya ay pumasok sa lunsod ng Nephi na kasama ang kanyang mga hukbo, at inangkin ang lunsod.

32 At ngayon ito ay nangyari na, na ang reyna, nang marinig niya na napatay ang hari—sapagkat si Amalikeo ay nagpasugo ng mensahero sa reyna na ipinaalam sa kanya na pinatay ang hari ng kanyang mga tagapagsilbi, na kanyang tinugis sila kasama ang kanyang hukbo, subalit ito ay nawalang-saysay, at nagawa nila ang kanilang pagtakas—

And it came to pass that when he had raised the first from the ground, behold he stabbed the king to the heart; and he fell to the earth.

Now the servants of the king fled; and the servants of Amalickiah raised a cry, saying:

Behold, the servants of the king have stabbed him to the heart, and he has fallen and they have fled; behold, come and see.

And it came to pass that Amalickiah commanded that his armies should march forth and see what had happened to the king; and when they had come to the spot, and found the king lying in his gore, Amalickiah pretended to be wroth, and said: Whosoever loved the king, let him go forth, and pursue his servants that they may be slain.

And it came to pass that all they who loved the king, when they heard these words, came forth and pursued after the servants of the king.

Now when the servants of the king saw an army pursuing after them, they were frightened again, and fled into the wilderness, and came over into the land of Zarahemla and joined the people of Ammon.

And the army which pursued after them returned, having pursued after them in vain; and thus Amalickiah, by his fraud, gained the hearts of the people.

And it came to pass on the morrow he entered the city Nephi with his armies, and took possession of the city.

And now it came to pass that the queen, when she had heard that the king was slain—for Amalickiah had sent an embassy to the queen informing her that the king had been slain by his servants, that he had pursued them with his army, but it was in vain, and they had made their escape—



33 Anupa't nang matanggap ng reyna ang mensaheng ito na siya ay nagpasabi kay Amalikeo, hinihiling na huwag niyang kitlin ang buhay ng mga tao ng lunsod; at hiniling din niya sa kanya na siya ay magsadya sa kanya; at hiniling din niya sa kanya na magsama siya ng mga saksi na magpapatotoo hinggil sa pagkamatay ng hari.

34 At ito ay nangyari na, na isinama ni Amalikeo ang yaon ding tagapagsilbi na siyang pumatay sa hari, at lahat silang kasama niya, at humarap sa reyna, sa lugar kung saan siya nakaupo; at silang lahat ay nagpatotoo sa kanya na ang hari ay pinatay ng kanyang sariling mga tagapagsilbi; at sinabi rin nila: Sila ay nagsitakas; hindi ba ito sumasaksi laban sa kanila? At sa gayon napaniwala nila ang reyna hinggil sa kamatayan ng hari.

35 At ito ay nangyari na, na hinangad ni Amalikeo ang pagsang-ayon ng reyna, at pinakasalan siya para sa kanyang sarili upang maging asawa; at sa gayon sa pamamagitan ng kanyang pandaraya, at sa tulong ng kanyang mga tusong tagapagsilbi, ay nakuha niya ang kaharian; oo, siya ay kinilalang hari sa lahat ng dako ng buong lupain, sa lahat ng tao ng mga Lamanita, na binubuo ng mga Lamanita at ng mga Lemuelita at ng mga Ismaelita, at lahat ng tumiwalag sa mga Nephita, mula sa panunungkulan ni Nephi hanggang sa panahong kasalukuyan.

36 Ngayon, ang mga tumiwalag na ito, na may gayon ding tagubilin at gayon ding kaalaman na tulad sa mga Nephita, oo, na tinuruan sa gayon ding kaalaman tungkol sa Panginoon, gayon pa man, kamangha-mangha itong isalaysay, na di katagalan matapos ang kanilang mga pagtiwalag sila ay naging higit na matitigas at tumangging magsisi, at higit na mababangis, masasama at malulupit kaysa sa mga Lamanita—umiinom sa mga kaugalian ng mga Lamanita; nagpapaubaya sa katamaran, at lahat ng uri ng kahalayan; oo, ganap na nalimutan ang Panginoon nilang Diyos.

Therefore, when the queen had received this message she sent unto Amalickiah, desiring him that he would spare the people of the city; and she also desired him that he should come in unto her; and she also desired him that he should bring witnesses with him to testify concerning the death of the king.

And it came to pass that Amalickiah took the same servant that slew the king, and all them who were with him, and went in unto the queen, unto the place where she sat; and they all testified unto her that the king was slain by his own servants; and they said also: They have fled; does not this testify against them? And thus they satisfied the queen concerning the death of the king.

And it came to pass that Amalickiah sought the favor of the queen, and took her unto him to wife; and thus by his fraud, and by the assistance of his cunning servants, he obtained the kingdom; yea, he was acknowledged king throughout all the land, among all the people of the Lamanites, who were composed of the Lamanites and the Lemuelites and the Ishmaelites, and all the dissenters of the Nephites, from the reign of Nephi down to the present time.

Now these dissenters, having the same instruction and the same information of the Nephites, yea, having been instructed in the same knowledge of the Lord, nevertheless, it is strange to relate, not long after their dissensions they became more hardened and impenitent, and more wild, wicked and ferocious than the Lamanites—drinking in with the traditions of the Lamanites; giving way to indolence, and all manner of lasciviousness; yea, entirely forgetting the Lord their God.

## Alma 48

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, na kapagdakang makuha ni Amalikeo ang kaharian ay sinimulan niyang pukawin ang mga puso ng mga Lamanita laban sa mga tao ni Nephi; oo, siya ay naghirang ng mga taong magsasalita sa mga Lamanita mula sa kanilang mga tore, laban sa mga Nephita.
- 2 At sa gayon niya pinukaw ang kanilang mga puso laban sa mga Nephita kung kaya't sa pagtatapos ng ikalabingsiyam na taon ng panunungkulan ng mga hukom, siya na natupad ang kanyang mga balak hanggang sa ngayon, oo, na naging hari ng mga Lamanita, hinangad din niyang maghari sa lahat ng dako ng buong lupain, oo, at sa lahat ng tao na nasa lupain, sa mga Nephita at gayon din sa mga Lamanita.
- 3 Samakatwid naisakatuparan niya ang kanyang balak, sapagkat napatigas niya ang mga puso ng mga Lamanita at nabulag ang kanilang mga isipan, at napukaw sila sa pagkagalit, hanggang sa nakapangalap siya ng napakalaking hukbo upang humayo sa digmaan laban sa mga Nephita.
- 4 Sapagkat nagtika siya, dahil sa kalakihan ng bilang ng kanyang mga tao, na gapiin ang mga Nephita at dalhin sila sa pagkaalipin.
- 5 At sa gayon siya naghirang ng mga punong kapitan sa mga Zoramita, sila na higit na nakakikilala sa lakas ng mga Nephita, at sa kanilang mga lugar ng dulugan, at sa mga pinakamahinang bahagi ng kanilang mga lunsod; anupa't kanyang hinirang sila na maging mga punong kapitan ng kanyang mga hukbo.
- 6 At ito ay nangyari na, na nilisan nila ang kanilang kuta, at nagtungo sa lupain ng Zarahemla sa ilang.
- 7 Ngayon ito ay nangyari na, na samantalang nasa gayong pangangalap ng kapangyarihan si Amalikeo sa pamamagitan ng pandaraya at panlilinlang, si Moroni, sa kabilang dako, ay inihahanda ang mga pag-iisip ng mga tao na maging matapat sa Panginoon nilang Diyos.

## Alma 48

And now it came to pass that, as soon as Amalickiah had obtained the kingdom he began to inspire the hearts of the Lamanites against the people of Nephi; yea, he did appoint men to speak unto the Lamanites from their towers, against the Nephites.

And thus he did inspire their hearts against the Nephites, insomuch that in the latter end of the nineteenth year of the reign of the judges, he having accomplished his designs thus far, yea, having been made king over the Lamanites, he sought also to reign over all the land, yea, and all the people who were in the land, the Nephites as well as the Lamanites.

Therefore he had accomplished his design, for he had hardened the hearts of the Lamanites and blinded their minds, and stirred them up to anger, insomuch that he had gathered together a numerous host to go to battle against the Nephites.

For he was determined, because of the greatness of the number of his people, to overpower the Nephites and to bring them into bondage.

And thus he did appoint chief captains of the Zoramites, they being the most acquainted with the strength of the Nephites, and their places of resort, and the weakest parts of their cities; therefore he appointed them to be chief captains over his armies.

And it came to pass that they took their camp, and moved forth toward the land of Zarahemla in the wilderness.

Now it came to pass that while Amalickiah had thus been obtaining power by fraud and deceit, Moroni, on the other hand, had been preparing the minds of the people to be faithful unto the Lord their God.

- 8 Oo, pinalakas niya ang mga hukbo ng mga Nephita, at nagtatayo ng maliliit na muog, o mga lugar ng dulugan; nagtataas ng mga pampang ng lupa sa paligid upang masanggalang ang kanyang mga hukbo, at nagtayo rin ng mga pader na bato upang ipalibot sa kanila, sa paligid ng kanilang mga lunsod at hangganan ng kanilang mga lupain; oo, sa lahat ng paligid ng lupain.
- 9 At sa kanilang pinakamahinang tanggulan ay nagtalaga siya ng pinakamaraming bilang ng tauhan; at sa gayon kinutaan niya at pinalakas ang lupaing pag-aari ng mga Nephita.
- 10 At sa gayon naghahanda siyang itaguyod ang kanilang kalayaan, kanilang mga lupain, kanilang mga asawa, at kanilang mga anak, at kanilang kapayapaan, at upang sila ay mabuhay sa Panginoon nilang Diyos, at upang mapanatili nila ang yaong tinatawag ng kanilang mga kaaway na layunin ng mga Cristiyano.
- 11 At si Moroni ay isang malakas at makapangyarihang lalaki; siya ay isang lalaking may ganap na pang-unawa; oo, isang lalaking hindi nagagalak sa pagpapadanak ng dugo; isang lalaking nagagalak ang kaluluwa sa kalayaan ng kanyang bayan, at ng kanyang mga kapatid mula sa pagkaalipin at pagkabusabos;
- 12 Oo, isang lalaking tumataba ang puso sa pagpapasalamat sa kanyang Diyos, para sa maraming pribilehiyo at mga pagpapalang ibinigay niya sa kanyang mga tao; isang lalaking nagpagal nang labis para sa kapakanan at kaligtasan ng kanyang mga tao.
- 13 Oo, at siya'y isang lalaking di matitinag sa pananampalataya kay Cristo, at siya ay nanumpa ng isang sumpang ipagtatanggol ang kanyang mga tao, kanyang mga karapatan, at kanyang bayan, at kanyang relihiyon, maging hanggang sa pagkaubos ng kanyang dugo.
- 14 Ngayon, ang mga Nephita ay tinuruang ipagtanggol ang kanilang sarili laban sa kanilang mga kaaway, maging hanggang sa pagdanak ng dugo kung ito ay kinakailangan; oo, at sila ay tinuruan ding hindi nararapat gumawa ng pagsalakay, oo, at hindi kailanman magtataas ng espada maliban kung ito ay laban sa isang kaaway, maliban kung ito ay upang pangalagaan ang kanilang mga buhay.

Yea, he had been strengthening the armies of the Nephites, and erecting small forts, or places of resort; throwing up banks of earth round about to enclose his armies, and also building walls of stone to encircle them about, round about their cities and the borders of their lands; yea, all round about the land.

And in their weakest fortifications he did place the greater number of men; and thus he did fortify and strengthen the land which was possessed by the Nephites.

And thus he was preparing to support their liberty, their lands, their wives, and their children, and their peace, and that they might live unto the Lord their God, and that they might maintain that which was called by their enemies the cause of Christians.

And Moroni was a strong and a mighty man; he was a man of a perfect understanding; yea, a man that did not delight in bloodshed; a man whose soul did joy in the liberty and the freedom of his country, and his brethren from bondage and slavery;

Yea, a man whose heart did swell with thanksgiving to his God, for the many privileges and blessings which he bestowed upon his people; a man who did labor exceedingly for the welfare and safety of his people.

Yea, and he was a man who was firm in the faith of Christ, and he had sworn with an oath to defend his people, his rights, and his country, and his religion, even to the loss of his blood.

Now the Nephites were taught to defend themselves against their enemies, even to the shedding of blood if it were necessary; yea, and they were also taught never to give an offense, yea, and never to raise the sword except it were against an enemy, except it were to preserve their lives.

- 15 At ito ang kanilang pananampalataya, na sa paggawa nang gayon ay pauunlarin sila ng Diyos sa lupain, o sa ibang salita, kung sila ay tapat sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos na sila ay pauunlarin niya sa lupain; oo, babalaan silang tumakas, o maghanda para sa digmaan, alinsunod sa kanilang panganib;
- 16 At gayon din, na ipaaalam ng Diyos sa kanila kung saan sila magtutungo upang ipagtanggol ang kanilang sarili laban sa kanilang mga kaaway, at sa paggawa ng gayon, sila ay ililigtas ng Panginoon; at ito ang pananampalataya ni Moroni, at ang kanyang puso ay nagagalak dito; hindi sa pagpapadanak ng dugo kundi sa paggawa ng kabutihan, sa pangangalaga ng kanyang mga tao, oo, sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos, oo, at paglaban sa kasamaan.
- 17 Oo, sa katotohanan, sa katotohanan sinasabi ko sa inyo, kung ang lahat ng tao ay naging, at matutulad, at maaaring maging katulad ni Moroni, masdan, ang yaon ding kapangyarihan ng impiyerno ay mayayanig magpakailanman; oo, ang diyablo ay hindi magkakaroon ng kapangyarihan sa mga puso ng mga anak ng tao.
- 18 Masdan, siya'y isang lalaking katulad ni Ammon, na anak ni Mosias, oo, at maging ng iba pang mga anak ni Mosias, oo, at si Alma rin at kanyang mga anak, sapagkat silang lahat ay mga tao ng Diyos.
- 19 Ngayon masdan, si Helaman at ang kanyang mga kapatid ay hindi nakabababa ng kapakinabangan sa mga tao kaysa kay Moroni; sapagkat ipinangaral nila ang salita ng Diyos, at bininyagan tungo sa pagsisisi ang lahat ng tao kung sino man ang makikinig sa kanilang mga salita.
- 20 At sa gayon sila humayo, at ang mga tao ay nagpakumbaba ng kanilang sarili dahil sa kanilang mga salita, kung kaya't labis silang pinagpala ng Panginoon, at sa gayon sila nakalaya mula sa mga digmaan at alitan sa kanila, oo, maging hanggang sa loob ng apat na taon.
- 21 Subalit, tulad ng aking sinabi, sa pagtatapos ng ikalabingsiyam na taon, oo, sa kabila ng kanilang kapayapaan sa kanila, bantulot na napilitan silang labanan ang kanilang mga kapatid, ang mga Lamanita.

And this was their faith, that by so doing God would prosper them in the land, or in other words, if they were faithful in keeping the commandments of God that he would prosper them in the land; yea, warn them to flee, or to prepare for war, according to their danger;

And also, that God would make it known unto them whither they should go to defend themselves against their enemies, and by so doing, the Lord would deliver them; and this was the faith of Moroni, and his heart did glory in it; not in the shedding of blood but in doing good, in preserving his people, yea, in keeping the commandments of God, yea, and resisting iniquity.

Yea, verily, verily I say unto you, if all men had been, and were, and ever would be, like unto Moroni, behold, the very powers of hell would have been shaken forever; yea, the devil would never have power over the hearts of the children of men.

Behold, he was a man like unto Ammon, the son of Mosiah, yea, and even the other sons of Mosiah, yea, and also Alma and his sons, for they were all men of God.

Now behold, Helaman and his brethren were no less serviceable unto the people than was Moroni; for they did preach the word of God, and they did baptize unto repentance all men whosoever would hearken unto their words.

And thus they went forth, and the people did humble themselves because of their words, inasmuch that they were highly favored of the Lord, and thus they were free from wars and contentions among themselves, yea, even for the space of four years.

But, as I have said, in the latter end of the nineteenth year, yea, notwithstanding their peace amongst themselves, they were compelled reluctantly to contend with their brethren, the Lamanites.

- 22 Oo, at sa madaling salita, ang kanilang mga pakikidigma sa mga Lamanita ay hindi tumigil sa loob ng maraming taon, sa kabila ng kanilang labis na pag-aatubili.
- 23 Ngayon, sila ay nalulungkot na humawak ng sandata laban sa mga Lamanita, dahil sa hindi sila nagagalak sa pagpapadana ng dugo; oo, at hindi lamang ito—sila ay nalulungkot na maging dahilan sa pagpapadala ng napakarami sa kanilang mga kapatid sa labas ng daigdig na ito patungo sa walang hanggang daigdig, na hindi handang humarap sa kanilang Diyos.
- 24 Gayon pa man, hindi nila mapahihintulatang ihain ang kanilang mga buhay, na ang kanilang mga asawa at kanilang mga anak ay malipol sa pamamagitan ng mabangis na kalupitan ng mga yaong minsan ay kanilang mga kapatid, oo, at nagsitiwalag mula sa kanilang simbahan, at sila ay iniwanan at humayo upang lipulin sila sa pamamagitan ng pag-anib sa mga Lamanita.
- 25 Oo, hindi nila maaatim na matuwa ang kanilang mga kapatid sa dugo ng mga Nephita, hangga't may sumusunod sa mga kautusan ng Diyos, sapagkat ang pangako ng Panginoon ay, kung susundin nila ang kanyang mga kautusan sila ay uunlad sa lupain.

Yea, and in fine, their wars never did cease for the space of many years with the Lamanites, notwithstanding their much reluctance.

Now, they were sorry to take up arms against the Lamanites, because they did not delight in the shedding of blood; yea, and this was not all—they were sorry to be the means of sending so many of their brethren out of this world into an eternal world, unprepared to meet their God.

Nevertheless, they could not suffer to lay down their lives, that their wives and their children should be massacred by the barbarous cruelty of those who were once their brethren, yea, and had dissented from their church, and had left them and had gone to destroy them by joining the Lamanites.

Yea, they could not bear that their brethren should rejoice over the blood of the Nephites, so long as there were any who should keep the commandments of God, for the promise of the Lord was, if they should keep his commandments they should prosper in the land.

## Alma 49

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, na sa ikalabing-isang buwan ng ikalabingsiyam na taon, sa ikasampung araw ng buwan, ang mga hukbo ng mga Lamanita ay nakitang papalapit patungo sa lupain ng Ammonihah.
- 2 At masdan, ang lunsod ay muling itinayo, at si Moroni ay nagtalaga ng isang hukbo sa mga hangganan ng lunsod, at sila ay nagtaas ng lupa sa paligid upang sumanggalang sa kanila mula sa mga palaso at mga bato ng mga Lamanita; sapagkat masdan, sila ay lumalaban sa pamamagitan ng mga bato at ng mga palaso.
- 3 Masdan, sinabi ko na ang lunsod ng Ammonihah ay muling itinayo. Sinasabi ko sa inyo, oo, na ang bahagi nito ay muling itinayo; at dahil ito ay minsan nang winasak ng mga Lamanita dahil sa kasamaan ng mga tao, inakala nila na muli itong magiging madaling huli para sa kanila.
- 4 Subalit masdan, anong laki ng kanilang kabiguan; sapagkat masdan, ang mga Nephita ay nakapaghukay ng isang tagaytay ng lupa sa paligid nila, na napakataas kung kaya't hindi mabisang maipukol ng mga Lamanita ang kanilang mga bato at kanilang mga palaso sa kanila, ni hindi nila masalakay sila maliban lamang sa kanilang lugar ng pasukan.
- 5 Ngayon sa oras na ito ay labis na nanggilalas ang mga punong kapitan ng mga Lamanita, dahil sa karunungan ng mga Nephita sa paghahanda ng kanilang mga lugar ng dulugan.
- 6 Ngayon inakala ng mga pinuno ng mga Lamanita, dahil sa kalakihan ng kanilang bilang, oo, inakala nilang magkakaroon sila ng pribilehiyong salakayin sila tulad ng kanilang nagawa noon; oo, at hinandaan din nila ang kanilang sarili ng mga kalasag, at ng baluti sa dibdib at hinandaan din nila ang kanilang sarili ng mga kasuotang balat, oo, labis na makakapal na kasuotan upang matakpan ang kanilang kahubaran.
- 7 At dahil sa ganitong kahandaan ay inakala nilang kanilang madaling magagapi at mapapasailalim ang kanilang mga kapatid sa singkaw ng pagkaalipin, o ang patayin at lipulin sila alinsunod sa kanilang ikasisiya.

## Alma 49

And now it came to pass in the eleventh month of the nineteenth year, on the tenth day of the month, the armies of the Lamanites were seen approaching towards the land of Ammonihah.

And behold, the city had been rebuilt, and Moroni had stationed an army by the borders of the city, and they had cast up dirt round about to shield them from the arrows and the stones of the Lamanites; for behold, they fought with stones and with arrows.

Behold, I said that the city of Ammonihah had been rebuilt. I say unto you, yea, that it was in part rebuilt; and because the Lamanites had destroyed it once because of the iniquity of the people, they supposed that it would again become an easy prey for them.

But behold, how great was their disappointment; for behold, the Nephites had dug up a ridge of earth round about them, which was so high that the Lamanites could not cast their stones and their arrows at them that they might take effect, neither could they come upon them save it was by their place of entrance.

Now at this time the chief captains of the Lamanites were astonished exceedingly, because of the wisdom of the Nephites in preparing their places of security.

Now the leaders of the Lamanites had supposed, because of the greatness of their numbers, yea, they supposed that they should be privileged to come upon them as they had hitherto done; yea, and they had also prepared themselves with shields, and with breastplates; and they had also prepared themselves with garments of skins, yea, very thick garments to cover their nakedness.

And being thus prepared they supposed that they should easily overpower and subject their brethren to the yoke of bondage, or slay and massacre them according to their pleasure.

- 8 Subalit masdan, sa kanilang labis-labis na panggigilalas, sila ay nakahanda para sa kanila, sa isang kaparaanang hindi pa kailanman nalaman sa mga anak ni Lehi. Ngayon, sila ay nakahanda para sa mga Lamanita, upang makidigma alinsunod sa mga tagubilin ni Moroni.
- 9 At ito ay nangyari na, na ang mga Lamanita, o ang mga Amalikeohita, ay labis-labis ang panggigilalas sa kanilang pamamaraan ng paghahanda para sa digmaan.
- 10 Ngayon, kung si haring Amalikeo ay humayo mula sa lupain ng Nephi, sa unahan ng kanyang hukbo, ay baka iniutos niya sa mga Lamanita na salakayin ang mga Nephita sa lunsod ng Ammonihah; sapagkat masdan, hindi niya pinahahalagahan ang dugo ng kanyang mga tao.
- 11 Subalit masdan, si Amalikeo rin ay hindi humayo upang makidigma. At masdan, ang kanyang mga punong kapitan ay hindi nagtangkang salakayin ang mga Nephita sa lunsod ng Ammonihah, sapagkat binago ni Moroni ang pamamalakad ng mga pamumuhay sa mga Nephita, kung kaya nga't ang mga Lamanita ay nabigo sa kanilang mga lugar ng dulugan at hindi nila sila masalakay.
- 12 Anupa't sila ay umatras sa ilang, at dinala ang kanilang kuta at humayo patungo sa lupain ng Noe, inaakalang yaon ang susunod na mainam na lugar para sa kanila upang masalakay ang mga Nephita.
- 13 Sapagkat hindi nila nalalamang pinatibay ni Moroni, o nagtayo ng mga kuta ng dulugan, ang bawat lunsod sa buong lupain sa paligid; kaya nga, sila ay humayo sa lupain ng Noe nang may matatag na pagtitika; oo, ang kanilang mga punong kapitan ay nagsihayo at nakipagtipang kanilang lilipulin ang mga tao ng lunsod na yaon.
- 14 Subalit masdan, sa kanilang panggigilalas, ang lunsod ng Noe, na noon ay mahinang lugar, ngayon, dahil kay Moroni, ay naging malakas, oo, maging hanggang sa malampanan ang lakas ng lunsod ng Ammonihah.
- 15 At ngayon, masdan, ito ay karunungan ni Moroni; sapagkat kanyang inakala na sila ay matatakot sa lunsod ng Ammonihah; at dahil ang lunsod ng Noe ang pinakamahinang bahagi ng lupain noon, anupa't sila ay magtutungo roon upang makidigma; at gayon nga ito alinsunod sa kanyang mga naisin.

But behold, to their uttermost astonishment, they were prepared for them, in a manner which never had been known among the children of Lehi. Now they were prepared for the Lamanites, to battle after the manner of the instructions of Moroni.

And it came to pass that the Lamanites, or the Amalickiahites, were exceedingly astonished at their manner of preparation for war.

Now, if king Amalickiah had come down out of the land of Nephi, at the head of his army, perhaps he would have caused the Lamanites to have attacked the Nephites at the city of Ammonihah; for behold, he did care not for the blood of his people.

But behold, Amalickiah did not come down himself to battle. And behold, his chief captains durst not attack the Nephites at the city of Ammonihah, for Moroni had altered the management of affairs among the Nephites, insomuch that the Lamanites were disappointed in their places of retreat and they could not come upon them.

Therefore they retreated into the wilderness, and took their camp and marched towards the land of Noah, supposing that to be the next best place for them to come against the Nephites.

For they knew not that Moroni had fortified, or had built forts of security, for every city in all the land round about; therefore, they marched forward to the land of Noah with a firm determination; yea, their chief captains came forward and took an oath that they would destroy the people of that city.

But behold, to their astonishment, the city of Noah, which had hitherto been a weak place, had now, by the means of Moroni, become strong, yea, even to exceed the strength of the city Ammonihah.

And now, behold, this was wisdom in Moroni; for he had supposed that they would be frightened at the city Ammonihah; and as the city of Noah had hitherto been the weakest part of the land, therefore they would march thither to battle; and thus it was according to his desires.

16 At masdan, hinirang ni Moroni si Lehi na maging punong kapitan ng mga tauhan sa lunsod na yaon; at ito ang yaon ding Lehi na nakipaglaban sa mga Lamanita sa lambak na nasa silangan ng ilog Sidon.

17 At ngayon masdan ito ay nangyari na, nang matuklasan ng mga Lamanita na si Lehi ang namumuno sa lunsod ay muli silang nabigo, sapagkat labis silang natatakot kay Lehi; gayon pa man, ang kanilang mga punong kapitan ay nangako nang may panunumpa na sasalakayin ang lunsod; kaya nga, pinamunuan nila ang kanilang mga hukbo.

18 Ngayon masdan, ang mga Lamanita ay hindi makapasok sa kanilang mga kuta ng dulugan sa kahit anong pamamaraan maliban na lamang sa pasukan, dahil sa kataasan ng tagaytay na ginawa, at sa kalaliman ng bambang na hinukay sa paligid, maliban sa pasukan.

19 At sa gayon ang mga Nephita ay nahahandang patayin ang lahat ng mangangahas na umakyat upang makapasok sa kuta sa ibang daan, sa pamamagitan ng pagpupukol ng mga bato at palaso sa kanila.

20 Sa gayon sila nakahanda, oo, isang pangkat ng pinakamalakas nilang tauhan, na may mga espada at may mga tirador, upang patamaan ang lahat ng mangangahas na pumasok sa kanilang lugar ng dulugan sa lugar ng pasukan; at sa gayon sila nakahandang ipagtanggol ang sarili laban sa mga Lamanita.

21 At ito ay nangyari na, na ang mga kapitan ng mga Lamanita ay dinala ang kanilang mga hukbo sa harapan ng lugar ng pasukan, at nagsimulang makipaglaban sa mga Nephita, upang makapasok sa kanilang lugar ng dulugan; subalit masdan, sila ay naitataboy sa pana-panahon, kung kaya't sila ay napatay nang malubhang pagkatay.

And behold, Moroni had appointed Lehi to be chief captain over the men of that city; and it was that same Lehi who fought with the Lamanites in the valley on the east of the river Sidon.

And now behold it came to pass, that when the Lamanites had found that Lehi commanded the city they were again disappointed, for they feared Lehi exceedingly; nevertheless their chief captains had sworn with an oath to attack the city; therefore, they brought up their armies.

Now behold, the Lamanites could not get into their forts of security by any other way save by the entrance, because of the highness of the bank which had been thrown up, and the depth of the ditch which had been dug round about, save it were by the entrance.

And thus were the Nephites prepared to destroy all such as should attempt to climb up to enter the fort by any other way, by casting over stones and arrows at them.

Thus they were prepared, yea, a body of their strongest men, with their swords and their slings, to smite down all who should attempt to come into their place of security by the place of entrance; and thus were they prepared to defend themselves against the Lamanites.

And it came to pass that the captains of the Lamanites brought up their armies before the place of entrance, and began to contend with the Nephites, to get into their place of security; but behold, they were driven back from time to time, insomuch that they were slain with an immense slaughter.



- 22 Ngayon, nang malaman nilang hindi sila makakukuha ng lakas laban sa mga Nephita sa daanan, sila ay nagsimulang humukay ng kanilang tagaytay upang sila ay magkaroon ng daanan patungo sa kanilang mga hukbo, upang sila ay magkaroon ng patas na labanan; subalit masdan, sa mga pagtatangkang ito sila ay tinatamaan ng mga bato at palasong ipinupukol sa kanila; at sa halip na mapuno ang kanilang mga bambang ng pinapatag na tagaytay ng lupa, sila ay napuno nang bahagya ng kanilang mga patay at sugatang mga katawan.
- 23 Sa gayon napasa mga Nephita ang lahat ng kapangyarihan sa kanilang mga kaaway; at sa gayon ang mga Lamanita ay nangahas na patayin ang mga Nephita hanggang sa ang lahat ng kanilang punong kapitan ay mapatay; oo, at mahigit sa isanlibo sa mga Lamanita ang napatay; samantalang, sa kabilang panig, ay wala ni isang katao man lamang sa mga Nephita ang napatay.
- 24 May mga limampung sugatan, na nalantad sa mga palaso ng mga Lamanita sa daanan, subalit sila ay pinagsanggalang ng kanilang mga kalasag, at kanilang mga baluti sa dibdib, at kanilang mga baluti sa ulo, kung kaya't ang kanilang mga sugat ay nasa kanilang mga paa, marami sa mga ito ay labis na malulubha.
- 25 At ito ay nangyari na, nang makita ng mga Lamanita na ang kanilang mga punong kapitan ay napatay nang lahat, sila ay nagsitakas sa ilang. At ito ay nangyari na, na sila ay bumalik sa lupain ng Nephi, upang ipaalam sa kanilang hari, na si Amalikeo, na isang Nephita sa pagsilang, ang hinggil sa kanilang malaking pagkatalo.
- 26 At ito ay nangyari na, na labis siyang nagalit sa kanyang mga tao, dahil sa hindi niya nakuha ang kanyang nais sa mga Nephita; hindi niya napasailalim sila sa singkaw ng pagkaalipin.
- 27 Oo, labis siyang napoot, at isinumpa niya ang Diyos, at gayon din si Moroni, nangangako nang may panunumpa na iinumina niya ang kanyang dugo; at ito ay dahil sa sinunod ni Moroni ang mga kautusan ng Diyos sa paghahanda para sa kaligtasan ng kanyang mga tao.

Now when they found that they could not obtain power over the Nephites by the pass, they began to dig down their banks of earth that they might obtain a pass to their armies, that they might have an equal chance to fight; but behold, in these attempts they were swept off by the stones and arrows which were thrown at them; and instead of filling up their ditches by pulling down the banks of earth, they were filled up in a measure with their dead and wounded bodies.

Thus the Nephites had all power over their enemies; and thus the Lamanites did attempt to destroy the Nephites until their chief captains were all slain; yea, and more than a thousand of the Lamanites were slain; while, on the other hand, there was not a single soul of the Nephites which was slain.

There were about fifty who were wounded, who had been exposed to the arrows of the Lamanites through the pass, but they were shielded by their shields, and their breastplates, and their head-plates, insomuch that their wounds were upon their legs, many of which were very severe.

And it came to pass, that when the Lamanites saw that their chief captains were all slain they fled into the wilderness. And it came to pass that they returned to the land of Nephi, to inform their king, Amalickiah, who was a Nephite by birth, concerning their great loss.

And it came to pass that he was exceedingly angry with his people, because he had not obtained his desire over the Nephites; he had not subjected them to the yoke of bondage.

Yea, he was exceedingly wroth, and he did curse God, and also Moroni, swearing with an oath that he would drink his blood; and this because Moroni had kept the commandments of God in preparing for the safety of his people.

28 At ito ay nangyari na, na sa kabilang dako, pinasalamatang ng mga tao ni Nephi ang Panginoon nilang Diyos, dahil sa kanyang walang kapantay na kapangyarihan sa pagliligtas sa kanila mula sa mga kamay ng kanilang mga kaaway.

29 At sa gayon nagtapos ang ikalabingsiyam na taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.

30 Oo, at nagkaroon ng patuloy na kapayapaan sa kanila, at labis na kasaganaan sa simbahan dahil sa kanilang pagsunod at pagsusumigasig na kanilang ibinigay sa salita ng Diyos, na ipinahayag sa kanila ni Helaman, at Siblon, at Corianton, at ni Ammon at ng kanyang mga kapatid, oo, at ng lahat ng yaong inordenan sa banal na orden ng Diyos, matapos mabinyagan tungo sa pagsisisi, at isinugo na mangaral sa mga tao.

And it came to pass, that on the other hand, the people of Nephi did thank the Lord their God, because of his matchless power in delivering them from the hands of their enemies.

And thus ended the nineteenth year of the reign of the judges over the people of Nephi.

Yea, and there was continual peace among them, and exceedingly great prosperity in the church because of their heed and diligence which they gave unto the word of God, which was declared unto them by Helaman, and Shiblon, and Corianton, and Ammon and his brethren, yea, and by all those who had been ordained by the holy order of God, being baptized unto repentance, and sent forth to preach among the people.

## Alma 50

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, na si Moroni ay hindi tumigil sa pagsasagawa ng mga paghahanda para sa digmaan, o sa pagtatanggol sa kanyang mga tao laban sa mga Lamanita; sapagkat iniutos niya na ang kanyang mga hukbo ay magsimula sa pagsisimula ng ikadalawampung taon ng panunungkulan ng mga hukom, na sila ay magsimulang maghukay ng lupa sa paligid ng lahat ng lunsod, sa lahat ng dako ng buong lupain na pag-aari ng mga Nephita.
- 2 At sa ibabaw ng mga tagaytay ng lupang ito ay iniutos niya na magkaroon ng mga kahoy, oo, mga gawang kahoy na itatayong kasingtaas ng tao, sa paligid ng mga lunsod.
- 3 At iniutos niya na sa mga gawang kahoy na ito ay magkaroon ng niyaring mga tulos na itatayo sa mga kahoy sa paligid; at ang mga ito ay matitibay at matataas.
- 4 At iniutos niya na magtayo ng mga toreng makatatanaw sa mga yaong gawang tulos, at kanyang iniutos na magtayo ng mga lugar ng dulugan sa mga toreng yaon, upang ang mga bato at ang mga palaso ng mga Lamanita ay hindi sila masaktan.
- 5 At sila ay nakahanda kung kaya't makapupukol sila ng mga bato mula sa itaas niyon, alinsunod sa kanilang kasiyahan at kanilang lakas, at patayin siya na mangangahas na lumapit sa mga pader ng lunsod.
- 6 Sa gayon naghanda si Moroni ng mga muog laban sa pagdating ng kanilang mga kaaway, sa paligid ng bawat lunsod sa buong lupain.
- 7 At ito ay nangyari na, na iniutos ni Moroni na ang kanyang mga hukbo ay humayo patungo sa silangang ilang; oo, at sila ay humayo at itinaboy ang lahat ng Lamanita na nasa silangang ilang patungo sa kanilang sariling mga lupain, na nasa katimugan ng lupain ng Zarahemla.
- 8 At ang lupain ng Nephi ay humahanggan sa tuwid na landas mula sa silangang dagat hanggang sa kanluran.

## Alma 50

And now it came to pass that Moroni did not stop making preparations for war, or to defend his people against the Lamanites; for he caused that his armies should commence in the commencement of the twentieth year of the reign of the judges, that they should commence in digging up heaps of earth round about all the cities, throughout all the land which was possessed by the Nephites.

And upon the top of these ridges of earth he caused that there should be timbers, yea, works of timbers built up to the height of a man, round about the cities.

And he caused that upon those works of timbers there should be a frame of pickets built upon the timbers round about; and they were strong and high.

And he caused towers to be erected that overlooked those works of pickets, and he caused places of security to be built upon those towers, that the stones and the arrows of the Lamanites could not hurt them.

And they were prepared that they could cast stones from the top thereof, according to their pleasure and their strength, and slay him who should attempt to approach near the walls of the city.

Thus Moroni did prepare strongholds against the coming of their enemies, round about every city in all the land.

And it came to pass that Moroni caused that his armies should go forth into the east wilderness; yea, and they went forth and drove all the Lamanites who were in the east wilderness into their own lands, which were south of the land of Zarahemla.

And the land of Nephi did run in a straight course from the east sea to the west.

9 At ito ay nangyari na, nang maitaboy ni Moroni ang lahat ng Lamanita palabas sa silangang ilang, na nasa kahilagaan ng mga lupain na kanilang sariling mga pag-aari, iniutos niya sa lahat ng naninirahan na nasa lupain ng Zarahemla at sa lupain sa paligid na humayo sa silangang ilang, maging hanggang sa mga hangganan ng dalampasigan, at angkinin ang lupain.

10 At siya ay nagtalaga rin ng mga hukbo sa katimugan, sa mga hangganan ng kanilang mga pag-aari, at inutusan silang magtayo ng mga kutaan upang mapangalagaan nila ang kanilang mga hukbo at kanilang mga tao mula sa mga kamay ng kanilang mga kaaway.

11 At sa gayon pinutol niya ang lahat ng muog ng mga Lamanita sa silangang ilang, oo, at gayon din sa kanluran, pinatitibay ang hangganan sa pagitan ng mga Nephita at ng mga Lamanita, sa pagitan ng lupain ng Zarahemla at lupain ng Nephi, mula sa kanlurang dagat, humahanggan sa may bukal ng ilog Sidon—inaari ng mga Nephita ang lahat ng lupain sa kahilagaan, oo, maging lahat ng lupaing nasa hilaga ng lupain ng Masagana, alinsunod sa kanilang kasiyahan.

12 Sa gayon si Moroni, kasama ang kanyang mga hukbo, na dumarami sa araw-araw dahil sa katiyakan ng kaligtasang ibinibigay ng kanyang mga gawa sa kanila, ay nagawang putulin ang lakas at kapangyarihan ng mga Lamanita mula sa mga lupain na kanilang pag-aari, upang sila ay mawalan ng kapangyarihan sa mga lupaing kanilang pag-aari.

13 At ito ay nangyari na, na sinimulan ng mga Nephita ang saligan ng isang lunsod, at tinawag nila ang pangalan ng lunsod na Moroni; at ito ay nasa may silangang dagat; at ito ay nasa katimugan ng hangganan ng mga pag-aari ng mga Lamanita.

14 At sinimulan din nila ang isang saligan para sa isang lunsod sa pagitan ng lunsod ng Moroni at ng lunsod ng Aaron, idinurugtong ang mga hangganan ng Aaron at Moroni; at tinawag nila ang pangalan ng lunsod, o ang lupain, na Nefihas.

15 At sila ay nagsimula rin sa taon ding yaon na magtayo ng maraming lunsod sa kahilagaan, isa sa natatanging pamamaraan na kanilang tinawag na Lehi, na nasa kahilagaan sa may mga hangganan ng dalampasigan.

And it came to pass that when Moroni had driven all the Lamanites out of the east wilderness, which was north of the lands of their own possessions, he caused that the inhabitants who were in the land of Zarahemla and in the land round about should go forth into the east wilderness, even to the borders by the seashore, and possess the land.

And he also placed armies on the south, in the borders of their possessions, and caused them to erect fortifications that they might secure their armies and their people from the hands of their enemies.

And thus he cut off all the strongholds of the Lamanites in the east wilderness, yea, and also on the west, fortifying the line between the Nephites and the Lamanites, between the land of Zarahemla and the land of Nephi, from the west sea, running by the head of the river Sidon—the Nephites possessing all the land northward, yea, even all the land which was northward of the land Bountiful, according to their pleasure.

Thus Moroni, with his armies, which did increase daily because of the assurance of protection which his works did bring forth unto them, did seek to cut off the strength and the power of the Lamanites from off the lands of their possessions, that they should have no power upon the lands of their possession.

And it came to pass that the Nephites began the foundation of a city, and they called the name of the city Moroni; and it was by the east sea; and it was on the south by the line of the possessions of the Lamanites.

And they also began a foundation for a city between the city of Moroni and the city of Aaron, joining the borders of Aaron and Moroni; and they called the name of the city, or the land, Nephiah.

And they also began in that same year to build many cities on the north, one in a particular manner which they called Lehi, which was in the north by the borders of the seashore.

16 At sa gayon nagtapos ang ikadalawampung taon.

17 At nasa ganitong masaganang kalagayan ang mga tao ni Nephi sa pagsisimula ng ikadalawampu at isang taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.

18 At sila ay labis na umunlad, at sila ay naging napakayayaman; oo, at sila ay dumami at naging makapangyarihan sa lupain.

19 At sa gayon nakikita natin na napakamaunawain at makatarungan ang lahat ng pamamaraan ng Panginoon, tungo sa pagpapatupad ng lahat ng kanyang mga salita sa mga anak ng tao; oo, namamasdan natin na ang kanyang mga salita ay napatunayan, maging hanggang sa panahong ito, na kanyang sinabi kay Lehi, sinasabing:

20 Pinagpala ka at ang iyong mga anak; at sila ay pagpapalain, habang sinusunod nila ang aking mga kautusan sila ay uunlad sa lupain. Subalit pakatandaan, habang hindi nila sinusunod ang aking mga kautusan sila ay itatakwil mula sa harapan ng Panginoon.

21 At nakita natin na ang mga pangakong ito ay napatunayan sa mga tao ni Nephi; sapagkat ang kanilang mga pag-aaway-away at kanilang mga alitan, oo, kanilang mga pagpaslang, at kanilang mga pandarambong, kanilang pagsamba sa mga diyus-diyusan, kanilang mga pagpapatutot, at kanilang mga karumal-dumal na gawain, na nasa kanila, ang nagdala sa kanila ng kanilang mga digmaan at kanilang pagkalipol.

22 At yaong matatapat sa pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon ay naliligtas sa lahat ng panahon, habang libu-libo sa kanilang masasamang kapatid ay dinala sa pagkaalipin, o nasawi sa pamamagitan ng espada, o nanghina sa kawalang-paniniwala, at nakihalubilo sa mga Lamanita.

23 Subalit masdan hindi pa nagkaroon ng higit na masayang panahon sa mga tao ni Nephi, magmula sa mga araw ni Nephi, kaysa sa mga araw ni Moroni, oo, maging sa panahong ito, sa ikadalampu at isang taon ng panunungkulan ng mga hukom.

24 At ito ay nangyari na, na ang ikadalawampu at dalawang taon ng panunungkulan ng mga hukom ay lumipas din sa kapayapaan; oo, at gayon din ang ikadalawampu at tatlong taon.

And thus ended the twentieth year.

And in these prosperous circumstances were the people of Nephi in the commencement of the twenty and first year of the reign of the judges over the people of Nephi.

And they did prosper exceedingly, and they became exceedingly rich; yea, and they did multiply and wax strong in the land.

And thus we see how merciful and just are all the dealings of the Lord, to the fulfilling of all his words unto the children of men; yea, we can behold that his words are verified, even at this time, which he spake unto Lehi, saying:

Blessed art thou and thy children; and they shall be blessed, inasmuch as they shall keep my commandments they shall prosper in the land. But remember, inasmuch as they will not keep my commandments they shall be cut off from the presence of the Lord.

And we see that these promises have been verified to the people of Nephi; for it has been their quarrelings and their contentions, yea, their murderings, and their plunderings, their idolatry, their whoredoms, and their abominations, which were among themselves, which brought upon them their wars and their destructions.

And those who were faithful in keeping the commandments of the Lord were delivered at all times, whilst thousands of their wicked brethren have been consigned to bondage, or to perish by the sword, or to dwindle in unbelief, and mingle with the Lamanites.

But behold there never was a happier time among the people of Nephi, since the days of Nephi, than in the days of Moroni, yea, even at this time, in the twenty and first year of the reign of the judges.

And it came to pass that the twenty and second year of the reign of the judges also ended in peace; yea, and also the twenty and third year.

- 25 At ito ay nangyari na, na sa pagsisimula ng ikadalampu at apat na taon ng panunungkulan ng mga hukom, na nagkaroon din sana ng kapayapaan sa mga tao ni Nephi kung hindi dahil sa isang alitang naganap sa kanila hinggil sa lupain ng Lehi, at sa lupain ng Morianton, na nagdurugtong sa mga hangganan ng Lehi; kapwa nasa mga hangganan ng dalampasigan.
- 26 Sapagkat masdan, ang mga taong nagmamay-ari sa lupain ng Morianton ay nag-angkin ng isang bahagi sa lupain ng Lehi; anupa't nagsimulang magkaroon ng mainit na alitan sa pagitan nila, hanggang sa ang mga tao ng Morianton ay humawak ng mga sandata laban sa kanilang mga kapatid, at nagtika sila sa pamamagitan ng espada na patayin sila.
- 27 Subalit masdan, ang mga taong nagmamay-ari sa lupain ng Lehi ay nagsitakas patungo sa kuta ni Moroni, at humingi ng tulong sa kanya; sapagkat masdan hindi sila ang nasa kamalian.
- 28 At ito ay nangyari na, nang ang mga tao ng Morianton, na pinamumunuan ng isang lalaki na nangangalang Morianton, ay natuklasan na ang mga tao ng Lehi ay nagsitakas patungo sa kuta ni Moroni, sila ay labis na natakot at baka ang hukbo ni Moroni ay salakayin sila at lipulin sila.
- 29 Anupa't inilagay ni Morianton sa kanilang mga puso na nararapat silang tumakas patungo sa lupain na nasa kahilagaan, na napalilibutan ng malalaking katawan ng tubig, at angkinin ang lupain na nasa kahilagaan.
- 30 At masdan, natupad na sana nila ang plano na ito, (na magiging dahilan ng panaghuyan) subalit masdan, dahil si Morianton ay isang lalaking maraming kahalingan, kaya nga, siya ay nagalit sa isa sa kanyang mga babaing tagapagsilbi, at kanyang sinaktan siya at labis siyang binugbog.
- 31 At ito ay nangyari na, na siya ay tumakas, at nagtungo sa kuta ni Moroni, at sinabi kay Moroni ang lahat hinggil sa bagay na ito, at hinggil din sa kanilang mga hangaring tumakas patungo sa lupaing kahilagaan.

And it came to pass that in the commencement of the twenty and fourth year of the reign of the judges, there would also have been peace among the people of Nephi had it not been for a contention which took place among them concerning the land of Lehi, and the land of Morianton, which joined upon the borders of Lehi; both of which were on the borders by the seashore.

For behold, the people who possessed the land of Morianton did claim a part of the land of Lehi; therefore there began to be a warm contention between them, insomuch that the people of Morianton took up arms against their brethren, and they were determined by the sword to slay them.

But behold, the people who possessed the land of Lehi fled to the camp of Moroni, and appealed unto him for assistance; for behold they were not in the wrong.

And it came to pass that when the people of Morianton, who were led by a man whose name was Morianton, found that the people of Lehi had fled to the camp of Moroni, they were exceedingly fearful lest the army of Moroni should come upon them and destroy them.

Therefore, Morianton put it into their hearts that they should flee to the land which was northward, which was covered with large bodies of water, and take possession of the land which was northward.

And behold, they would have carried this plan into effect, (which would have been a cause to have been lamented) but behold, Morianton being a man of much passion, therefore he was angry with one of his maid servants, and he fell upon her and beat her much.

And it came to pass that she fled, and came over to the camp of Moroni, and told Moroni all things concerning the matter, and also concerning their intentions to flee into the land northward.

- 32 Ngayon masdan, ang mga tao na nasa lupaing Masagana, o kaya'y si Moroni, ay natakot na baka sila ay makinig sa mga salita ni Morianton at sumama sa kanyang mga tao, at sa gayon makukuha niya ang pag-aari ng mga bahaging yaon ng lupain, na maglalatatag ng saligan ng malulubhang kahihinatnan sa mga tao ni Nephi, oo, mga kahihinatnang magbubunga ng pagbagsak ng kanilang kalayaan.
- 33 Kaya nga, si Moroni ay nagpadala ng isang hukbo, kasama ang kanilang kuta, upang hadlangan ang mga tao ni Morianton, upang mapigilan ang kanilang pagtakas patungo sa lupaing kahilagaan.
- 34 At ito ay nangyari na, na hindi nila sila nahadlangan hanggang sa sila ay makarating sa mga hangganan ng lupaing Kapanglawan; at doon nila sila nahadlangan, sa makitid na daanang nagtutuloy sa tabi ng dagat patungo sa lupaing kahilagaan, oo, sa tabing dagat, sa kanluran at sa silangan.
- 35 At ito ay nangyari na, na ang hukbong ipinadala ni Moroni, na pinamumunuan ng isang lalaki na nanggangalang Tiankum, ay humarap sa mga tao ni Morianton; at labis na matitigas ang mga tao ni Morianton, (dahil sa nahikayat ng kanyang kasamaan at ng kanyang mahihibok na salita) kaya nga nagsimula ang isang digmaan sa pagitan nila, kung saan ay napatay ni Tiankum si Morianton at tinalo ang kanyang hukbo, at dinala silang mga bihag, at bumalik sa kuta ni Moroni. At sa gayon nagtapos ang ikadalawampu at apat na taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.
- 36 At sa gayon naibalik ang mga tao ni Morianton. At sa kanilang pakikipagtipan na pananatilihin ang kapayapaan sila ay pinabalik sa lupain ng Morianton, at isang kasunduan ang namagitan sa kanila at sa mga tao ng Lehi; at sila ay pinabalik din sa kanilang mga lupain.
- 37 At ito ay nangyari na, na sa taon ding yaon na naibalik sa mga tao ni Nephi ang kanilang kapayapaan, na si Nefihas, ang pangalawang punong hukom, ay namatay, matapos manungkulan sa hukumang-luklukan nang may ganap na katwiran sa harapan ng Diyos.

Now behold, the people who were in the land Bountiful, or rather Moroni, feared that they would hearken to the words of Morianton and unite with his people, and thus he would obtain possession of those parts of the land, which would lay a foundation for serious consequences among the people of Nephi, yea, which consequences would lead to the overthrow of their liberty.

Therefore Moroni sent an army, with their camp, to head the people of Morianton, to stop their flight into the land northward.

And it came to pass that they did not head them until they had come to the borders of the land Desolation; and there they did head them, by the narrow pass which led by the sea into the land northward, yea, by the sea, on the west and on the east.

And it came to pass that the army which was sent by Moroni, which was led by a man whose name was Teancum, did meet the people of Morianton; and so stubborn were the people of Morianton, (being inspired by his wickedness and his flattering words) that a battle commenced between them, in the which Teancum did slay Morianton and defeat his army, and took them prisoners, and returned to the camp of Moroni. And thus ended the twenty and fourth year of the reign of the judges over the people of Nephi.

And thus were the people of Morianton brought back. And upon their covenanting to keep the peace they were restored to the land of Morianton, and a union took place between them and the people of Lehi; and they were also restored to their lands.

And it came to pass that in the same year that the people of Nephi had peace restored unto them, that Nephiah, the second chief judge, died, having filled the judgment-seat with perfect uprightness before God.

38 Gayon pa man, tinanggihang kunin ni Alma ang pag-aari ng mga talaang yaon at yaong mga bagay na ipinalalagay ni Alma at ng kanyang mga ama na pinakabanal; kaya nga iginawad ni Alma ang mga iyon sa kanyang anak, na si Helaman.

39 Masdan, ito ay nangyari na, na ang anak ni Nefihas ay hinirang na manungkulan sa hukumang-luklukan, bilang kahalili ng kanyang ama; oo, siya ay hinirang na maging punong hukom at gobernador ng mga tao, nang may panunumpa at banal na ordenansa na humatol nang matwid, at panatilihin ang kapayapaan at ang kalayaan ng mga tao, at ipagkaloob sa kanila ang kanilang mga banal na pribilehiyo na sambahin ang Panginoon nilang Diyos, oo, na itataguyod at pangangalagaan ang layunin ng Diyos sa lahat ng kanyang araw, at dalhin ang masasama sa katarungan alinsunod sa kanilang mabibigat na kasalanan.

40 Ngayon masdan, ang kanyang pangalan ay Pahoran. At nanungkulan si Pahoran sa luklukan ng kanyang ama, at sinimulan ang kanyang panunungkulan sa pagtatapos ng ikadalawampu at apat na taon, sa mga tao ni Nephi.

Nevertheless, he had refused Alma to take possession of those records and those things which were esteemed by Alma and his fathers to be most sacred; therefore Alma had conferred them upon his son, Helaman.

Behold, it came to pass that the son of Nephihah was appointed to fill the judgment-seat, in the stead of his father; yea, he was appointed chief judge and governor over the people, with an oath and sacred ordinance to judge righteously, and to keep the peace and the freedom of the people, and to grant unto them their sacred privileges to worship the Lord their God, yea, to support and maintain the cause of God all his days, and to bring the wicked to justice according to their crime.

Now behold, his name was Pahoran. And Pahoran did fill the seat of his father, and did commence his reign in the end of the twenty and fourth year, over the people of Nephi.



## Alma 51

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, na sa pagsisimula ng ikadalawampu at limang taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi, matapos nilang mapanatili ang kapayapaan sa pagitan ng mga tao ng Lehi at ng mga tao ng Morianton hinggil sa kanilang mga lupain, at matapos simulan ang ikadalawampu at limang taon sa kapayapaan;
- 2 Gayon pa man, hindi nila napanatiling matagal ang ganap na kapayapaan sa lupain, sapagkat nagsimulang magkaroon ng alitan sa mga tao hinggil sa punong hukom na si Pahoran; sapagkat masdan, may isang bahagi ng mga tao ang nagnais na baguhin ang ilang natatanging bahagi ng batas.
- 3 Subalit masdan, si Pahoran ay tumangging baguhin ni ang pahintulutang baguhin ang batas; anupa't hindi niya pinakinggan ang mga yaong nagpahayag ng kanilang mga tinig lakip ang kanilang kahilingan hinggil sa pagbabago ng batas.
- 4 Kaya nga, yaong mga nagnanais na baguhin ang batas ay nagalit sa kanya, at nagnais na hindi na siya ang maging punong hukom sa lupain; anupa't nagkaroon ng mainit na pagtatalo hinggil sa bagay na ito, subalit hindi hanggang sa pagdanak ng dugo.
- 5 At ito ay nangyari na, na yaong mga nagnanais na matanggal si Pahoran sa hukumang-luklukan ay tinawag na mga king-men, sapagkat ninanais nilang mabago ang batas sa paraang maibagsak ang malayang pamahalaan at magtaguyod ng isang hari sa lupain.
- 6 At yaong mga nagnanais na manatili si Pahoran bilang punong hukom ng lupain ay pinangalanan ang kanilang sarili na mga freemen; at sa gayon sila nahahati, sapagkat ang mga freemen ay nangako o nakipagtipan na pananatilihin ang kanilang mga karapatan at ang kanilang mga pribilehiyo sa relihiyon sa pamamagitan ng malayang pamahalaan.

## Alma 51

And now it came to pass in the commencement of the twenty and fifth year of the reign of the judges over the people of Nephi, they having established peace between the people of Lehi and the people of Morianton concerning their lands, and having commenced the twenty and fifth year in peace;

Nevertheless, they did not long maintain an entire peace in the land, for there began to be a contention among the people concerning the chief judge Pahoran; for behold, there were a part of the people who desired that a few particular points of the law should be altered.

But behold, Pahoran would not alter nor suffer the law to be altered; therefore, he did not hearken to those who had sent in their voices with their petitions concerning the altering of the law.

Therefore, those who were desirous that the law should be altered were angry with him, and desired that he should no longer be chief judge over the land; therefore there arose a warm dispute concerning the matter, but not unto bloodshed.

And it came to pass that those who were desirous that Pahoran should be dethroned from the judgment-seat were called king-men, for they were desirous that the law should be altered in a manner to overthrow the free government and to establish a king over the land.

And those who were desirous that Pahoran should remain chief judge over the land took upon them the name of freemen; and thus was the division among them, for the freemen had sworn or covenanted to maintain their rights and the privileges of their religion by a free government.

- 7 At ito ay nangyari na, na ang bagay na ito ng kanilang pag-aalitan ay isinaayos sa pamamagitan ng tinig ng mga tao. At ito ay nangyari na, na ang tinig ng mga tao ay nagpatibay sa panig ng mga freemen, at si Pahoran ay nanatili sa hukumang-luklukan, na naging dahilan ng labis na kasiyahan sa mga kapatid ni Pahoran at marami rin sa mga tao ng kalayaan, na nagpatahimik din sa mga king-men, kung kaya't hindi sila makatutol kundi napilitang panatilihin ang layunin ng kalayaan.
- 8 Ngayon, ang yaong mga sumasang-ayon sa mga hari ay yaong mga maharlikang angkan, at hinangad nilang maging mga hari; at sila ay itinataguyod ng mga yaong naghahangad ng kapangyarihan at karapatan sa mga tao.
- 9 Subalit masdan, ito ay maselang panahon para sa ganitong mga alitan sa mga tao ni Nephi; sapagkat masdan, muling pinukaw ni Amalikeo ang mga puso ng mga tao ng mga Lamanita laban sa mga tao ng mga Nephita, at siya ay nangalap ng mga kawal mula sa lahat ng bahagi ng kanyang lupain, at sinandatahan sila, at inihahanda para sa digmaan nang buong pagsusumigasig; sapagkat siya ay nangakong iinumina niya ang dugo ni Moroni.
- 10 Subalit masdan, makikita natin na ang kanyang pangako na ginawa niya ay kahangalan; gayon pa man, inihanda niya ang kanyang sarili at ang kanyang mga hukbo upang makidigma laban sa mga Nephita.
- 11 Ngayon, ang kanyang mga hukbo ay hindi gaanong malaki na tulad ng dati, dahil sa maraming libu-libong napatay ng kamay ng mga Nephita; subalit sa kabila ng kanilang malaking kawalan, si Amalikeo ay nakapangalap ng kamangha-manghang malaking hukbo, kung kaya nga't hindi siya natakot na sumalakay sa lupain ng Zarahemla.
- 12 Oo, maging si Amalikeo rin ay sumalakay, sa unahan ng mga Lamanita. At ito ay sa ikadalawampu at limang taon ng panunungkulan ng mga hukom; at ito ay sa gayon ding oras nang sinimulan nilang ayusin ang mga bagay-bagay ng kanilang pag-aalitan hinggil sa punong hukom na si Pahoran.

And it came to pass that this matter of their contention was settled by the voice of the people. And it came to pass that the voice of the people came in favor of the freemen, and Pahoran retained the judgment-seat, which caused much rejoicing among the brethren of Pahoran and also many of the people of liberty, who also put the king-men to silence, that they durst not oppose but were obliged to maintain the cause of freedom.

Now those who were in favor of kings were those of high birth, and they sought to be kings; and they were supported by those who sought power and authority over the people.

But behold, this was a critical time for such contentions to be among the people of Nephi; for behold, Amalickiah had again stirred up the hearts of the people of the Lamanites against the people of the Nephites, and he was gathering together soldiers from all parts of his land, and arming them, and preparing for war with all diligence; for he had sworn to drink the blood of Moroni.

But behold, we shall see that his promise which he made was rash; nevertheless, he did prepare himself and his armies to come to battle against the Nephites.

Now his armies were not so great as they had hitherto been, because of the many thousands who had been slain by the hand of the Nephites; but notwithstanding their great loss, Amalickiah had gathered together a wonderfully great army, insomuch that he feared not to come down to the land of Zarahemla.

Yea, even Amalickiah did himself come down, at the head of the Lamanites. And it was in the twenty and fifth year of the reign of the judges; and it was at the same time that they had begun to settle the affairs of their contentions concerning the chief judge, Pahoran.

- 13 At ito ay nangyari na, nang marinig ng mga taong tinatawag na king-men na ang mga Lamanita ay sumasalakay upang makidigma laban sa kanila, sila ay nagalak sa kanilang mga puso; at sila ay tumangging humawak ng mga sandata, sapagkat sila ay labis na napoot sa punong hukom, at gayon din sa mga tao ng kalayaan, kung kaya't sila ay tumangging humawak ng mga sandata upang ipagtanggol ang kanilang bayan.
- 14 At ito ay nangyari na, nang makita ito ni Moroni, at nakita ring dumarating ang mga Lamanita sa mga hangganan ng lupain, siya ay labis na napoot dahil sa katigasan ng yaong mga taong kanyang labis na pinagsikapang pangalagaan; oo, siya ay labis na napoot; ang kanyang puso ay napuspos ng galit laban sa kanila.
- 15 At ito ay nangyari na, na siya ay nagpadala ng kahilingan, lakip ang tinig ng mga tao, sa gobernador ng lupain, hinihiling na basahin niya ito, at bigyan siya (si Moroni) ng kapangyarihan upang pilitin ang mga tumiwalag na yaon na ipagtanggol ang kanilang bayan o sila ay patayin.
- 16 Sapagkat ito ang kanyang unang hangarin, ang wakasan ang mga gayong alitan at pagtatalu-talo sa mga tao; sapagkat masdan, ito ay naging dahilan noon ng lahat ng kanilang pagkalipol. At ito ay nangyari na, na ito ay pinahintulutan alinsunod sa tinig ng mga tao.
- 17 At ito ay nangyari na, na inutusan ni Moroni ang kanyang hukbo na labanan ang mga king-men na yaon, upang hataking pababa ang kanilang kapalaluan at kanilang kataasan at ipantay sila sa lupa, o sila ay humawak ng mga sandata at itaguyod ang layunin ng kalayaan.
- 18 At ito ay nangyari na, na ang mga hukbo ay humayo laban sa kanila; at hinatak nila pababa ang kanilang kapalaluan at kanilang kataasan, kung kaya nga't nang itaas nila ang kanilang mga sandata ng digmaan upang labanan ang mga tauhan ni Moroni sila ay pinabagsak at ipinantay sa lupa.
- 19 At ito ay nangyari na, na may apat na libo ng mga tumiwalag na yaon ang pinabagsak ng espada; at yaong mga pinuno nila na hindi napatay sa digmaan ay dinakip at itinapon sa bilangguan, sapagkat wala nang oras para sa kanilang paglilitis sa panahong ito.

And it came to pass that when the men who were called king-men had heard that the Lamanites were coming down to battle against them, they were glad in their hearts; and they refused to take up arms, for they were so wroth with the chief judge, and also with the people of liberty, that they would not take up arms to defend their country.

And it came to pass that when Moroni saw this, and also saw that the Lamanites were coming into the borders of the land, he was exceedingly wroth because of the stubbornness of those people whom he had labored with so much diligence to preserve; yea, he was exceedingly wroth; his soul was filled with anger against them.

And it came to pass that he sent a petition, with the voice of the people, unto the governor of the land, desiring that he should read it, and give him (Moroni) power to compel those dissenters to defend their country or to put them to death.

For it was his first care to put an end to such contentions and dissensions among the people; for behold, this had been hitherto a cause of all their destruction. And it came to pass that it was granted according to the voice of the people.

And it came to pass that Moroni commanded that his army should go against those king-men, to pull down their pride and their nobility and level them with the earth, or they should take up arms and support the cause of liberty.

And it came to pass that the armies did march forth against them; and they did pull down their pride and their nobility, insomuch that as they did lift their weapons of war to fight against the men of Moroni they were hewn down and leveled to the earth.

And it came to pass that there were four thousand of those dissenters who were hewn down by the sword; and those of their leaders who were not slain in battle were taken and cast into prison, for there was no time for their trials at this period.

- 20 At ang nalalabing mga tumiwalag na yaon, kaysa sa tagpasin sa lupa ng espada, ay sumuko sa diwa ng kalayaan, at napilitang itaas ang bandila ng kalayaan sa kanilang mga tore, at sa kanilang mga lunsod, at humawak ng mga sandata sa pagtatanggol ng kanilang bayan.
- 21 At sa gayon winakasan ni Moroni ang mga king-men, kung kaya't wala nang nakilala pa sa pangalang king-men; at sa gayon nawakasan niya ang katigasan at kapalaluan ng mga yaong taong naghahayag na sila ay mga dugong bughaw; sa halip sila ay ibinaba upang magpakumbaba ng kanilang sarili na katulad ng kanilang mga kapatid at makipaglaban nang buong giting para sa kanilang kalayaan sa pagkaalipin.
- 22 Masdan, ito ay nangyari na, na habang nasa gayong pagwasak si Moroni ng mga digmaan at alitan sa kanyang sariling mga tao, at pinasasailalim sila sa kapayapaan at kabihasan, at gumagawa ng mga alituntunin sa paghahanda para sa digmaan laban sa mga Lamanita, masdan, ang mga Lamanita ay nakarating sa lupain ng Moroni, na nasa mga hangganan sa may dalampasigan.
- 23 At ito ay nangyari na, na ang lakas ng mga Nephita ay hindi sapat sa lunsod ng Moroni; kaya nga naitaboy sila ni Amalikeo, na marami ang pinagpapatay. At ito ay nangyari na, na inangkin ni Amalikeo ang lunsod, oo, inangkin ang lahat ng kanilang mga muog.
- 24 At yaong mga nagsitakas sa lunsod ng Moroni ay nagtungo sa lunsod ng Nefihas; at ang mga tao rin ng lunsod ng Lehi ay sama-samang tinipon ang kanilang sarili at gumawa ng mga paghahanda at nakahandang harapin ang mga Lamanita upang makidigma.
- 25 Subalit ito ay nangyari na, na tumangging pahintulutan ni Amalikeo ang mga Lamanita na sumalakay sa lunsod ng Nefihas upang makidigma, kundi pinanatili sila sa may dalampasigan, nag-iwan ng mga tauhan sa bawat lunsod upang pangalagaan at ipagtanggol ito.

And the remainder of those dissenters, rather than be smitten down to the earth by the sword, yielded to the standard of liberty, and were compelled to hoist the title of liberty upon their towers, and in their cities, and to take up arms in defence of their country.

And thus Moroni put an end to those king-men, that there were not any known by the appellation of king-men; and thus he put an end to the stubbornness and the pride of those people who professed the blood of nobility; but they were brought down to humble themselves like unto their brethren, and to fight valiantly for their freedom from bondage.

Behold, it came to pass that while Moroni was thus breaking down the wars and contentions among his own people, and subjecting them to peace and civilization, and making regulations to prepare for war against the Lamanites, behold, the Lamanites had come into the land of Moroni, which was in the borders by the seashore.

And it came to pass that the Nephites were not sufficiently strong in the city of Moroni; therefore Amalickiah did drive them, slaying many. And it came to pass that Amalickiah took possession of the city, yea, possession of all their fortifications.

And those who fled out of the city of Moroni came to the city of Nephihah; and also the people of the city of Lehi gathered themselves together, and made preparations and were ready to receive the Lamanites to battle.

But it came to pass that Amalickiah would not suffer the Lamanites to go against the city of Nephihah to battle, but kept them down by the seashore, leaving men in every city to maintain and defend it.

- 26 At sa gayon siya nagpatuloy, nag-aangkin ng maraming lunsod, ang lunsod ng Nefihas, at ang lunsod ng Lehi, at ang lunsod ng Morianton, at ang lunsod ng Omner, at ang lunsod ng Gid, at ang lunsod ng Mulek, ang lahat ng ito ay nasa silangang hangganan sa may dalampasigan.
- 27 At sa gayon nakakuha ang mga Lamanita, sa pamamagitan ng katusuhan ni Amalikeo, ng napakaraming lunsod, sa pamamagitan ng kanilang di mabilang na hukbo, ang lahat ng ito ay labis na pinatibay alinsunod sa tanggulan ni Moroni; ang lahat ng ito ay nakapagbigay ng muog para sa mga Lamanita.
- 28 At ito ay nangyari na, na sila ay humayo sa mga hangganan ng lupain ng Masagana, itinataboy ang mga Nephita sa harapan nila at pinapatay ang marami.
- 29 At ito ay nangyari na, na sila ay hinarap ni Tiankum, na siyang pumatay kay Morianton at hinadlangan ang kanyang mga tao sa kanyang pagtakas.
- 30 At ito ay nangyari na, na inunahan din niya si Amalikeo, habang siya ay humahayo kasama ang kanyang napakalaking hukbo upang maangkin niya ang lupaing Masagana, at ang lupain din sa kahilagaan.
- 31 Subalit masdan, siya ay nagdanas ng kabiguan dahil sa pagtataboy na ginawa ni Tiankum at ng kanyang mga tauhan, sapagkat sila ay mahuhusay na mandirigma; sapagkat bawat tauhan ni Tiankum ay nakahihigit sa mga Lamanita sa kanilang lakas at sa kanilang kasanayan sa digmaan, kung kaya nga't sila ay nagtamo ng kalamangan sa mga Lamanita.
- 32 At ito ay nangyari na, na kanilang niligalig sila, hanggang sa kanilang pinagpapatay sila maging hanggang sa magdilim. At ito ay nangyari na, na si Tiankum at ang kanyang mga tauhan ay nagtayo ng kanilang mga tolda sa mga hangganan ng lupain ng Masagana; at si Amalikeo ay nagtayo ng kanyang mga tolda sa mga hangganan sa may baybay ng dalampasigan, at sa gayong pamamaraan sila naitaboy.

And thus he went on, taking possession of many cities, the city of Nephiah, and the city of Lehi, and the city of Morianton, and the city of Omner, and the city of Gid, and the city of Mulek, all of which were on the east borders by the seashore.

And thus had the Lamanites obtained, by the cunning of Amalickiah, so many cities, by their numberless hosts, all of which were strongly fortified after the manner of the fortifications of Moroni; all of which afforded strongholds for the Lamanites.

And it came to pass that they marched to the borders of the land Bountiful, driving the Nephites before them and slaying many.

But it came to pass that they were met by Teancum, who had slain Morianton and had headed his people in his flight.

And it came to pass that he headed Amalickiah also, as he was marching forth with his numerous army that he might take possession of the land Bountiful, and also the land northward.

But behold he met with a disappointment by being repulsed by Teancum and his men, for they were great warriors; for every man of Teancum did exceed the Lamanites in their strength and in their skill of war, insomuch that they did gain advantage over the Lamanites.

And it came to pass that they did harass them, insomuch that they did slay them even until it was dark. And it came to pass that Teancum and his men did pitch their tents in the borders of the land Bountiful; and Amalickiah did pitch his tents in the borders on the beach by the seashore, and after this manner were they driven.

- 33 At ito ay nangyari na, nang sumapit ang gabi, si Tiantum at ang kanyang tagapagsilbi ay palihim na umalis nang gumabi, at nagtungo sa kuta ni Amalikeo; at masdan, sila ay nadaig ng antok dahil sa kanilang labis na pagkapagod, na sanhi ng mga gawain at init ng araw.
- 34 At ito ay nangyari na, na si Tiantum ay palihim na nagtungo sa tolda ng hari, at tinuhog ng sibat ang kanyang puso; at madali niyang napatay ang hari kung kaya't hindi niya nagising ang kanyang mga tagapagsilbi.
- 35 At siya ay muling bumalik nang palihim sa kanyang sariling kuta, at masdan, ang kanyang mga tauhan ay natutulog, at kanyang ginising sila at sinabi sa kanila ang lahat ng bagay na kanyang ginawa.
- 36 At iniutos niyang maghanda ang kanyang mga hukbo, at baka ang mga Lamanita ay magising at salakayin sila.
- 37 At sa gayon nagtapos ang ikadalawampu at limang taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi; at sa gayon nagtapos ang mga araw ni Amalikeo.

And it came to pass that when the night had come, Teancum and his servant stole forth and went out by night, and went into the camp of Amalickiah; and behold, sleep had overpowered them because of their much fatigue, which was caused by the labors and heat of the day.

And it came to pass that Teancum stole privily into the tent of the king, and put a javelin to his heart; and he did cause the death of the king immediately that he did not awake his servants.

And he returned again privily to his own camp, and behold, his men were asleep, and he awoke them and told them all the things that he had done.

And he caused that his armies should stand in readiness, lest the Lamanites had awakened and should come upon them.

And thus endeth the twenty and fifth year of the reign of the judges over the people of Nephi; and thus endeth the days of Amalickiah.

## Alma 52

- 1 At ngayon, ito ay nangyari na, na sa ikadalawampu at anim na taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi, masdan, nang magising ang mga Lamanita sa unang umaga ng unang buwan, masdan, natagpuan nilang patay na si Amalikeo sa kanyang sariling tolda; at nakita rin nilang nakahanda na si Tiantum na makidigma sa kanila sa araw na yaon.
- 2 At ngayon, nang makita ito ng mga Lamanita sila ay natakot; at tinalikdan nila ang kanilang balak na paghayo sa lupaing kahilagaan, at umurong ang kanilang buong hukbo patungo sa lunsod ng Mulek, at naghanap ng kaligtasan sa kanilang mga muog.
- 3 At ito ay nangyari na, na ang kapatid ni Amalikeo ay hinirang na maging hari ng mga tao; at ang kanyang pangalan ay Amoron; sa gayon si haring Amoron, ang kapatid ni haring Amalikeo, ay hinirang na maging hari bilang kanyang kahalili.
- 4 At ito ay nangyari na, na iniutos niyang pangalagaan ng kanyang mga tao ang mga lunsod na yaon, na nasakop nila sa pamamagitan ng pagpapadanak ng dugo; sapagkat wala silang nasakop na anumang lunsod maliban sa sila ay nagpadanak ng maraming dugo.
- 5 At ngayon, nakita ni Tiantum na ang mga Lamanita ay nagtikang pangalagaan ang mga lunsod na yaon na kanilang nasakop, at yaong mga bahagi ng lupain na kanilang naangkin; at nakikita rin ang kalakihan ng kanilang bilang, inakala ni Tiantum na hindi nila nararapat subukang salakayin sila sa kanilang mga muog.
- 6 Subalit pinanatili niya ang kanyang mga tauhan sa paligid, na tila bagang naghahanda para sa pakikidigma; oo, at tunay siya ay naghahandang ipagtanggol ang kanyang sarili laban sa kanila, sa pamamagitan ng paggawa ng mga muog sa paligid at paghahanda ng mga lugar na makukublihan.
- 7 At ito ay nangyari na, na siya ay nagpatuloy sa gayong paghahanda para sa digmaan hanggang sa si Moroni ay nagpadala ng malaking bilang ng mga tauhan upang palakasin ang kanyang hukbo.

## Alma 52

And now, it came to pass in the twenty and sixth year of the reign of the judges over the people of Nephi, behold, when the Lamanites awoke on the first morning of the first month, behold, they found Amalickiah was dead in his own tent; and they also saw that Teancum was ready to give them battle on that day.

And now, when the Lamanites saw this they were affrighted; and they abandoned their design in marching into the land northward, and retreated with all their army into the city of Mulek, and sought protection in their fortifications.

And it came to pass that the brother of Amalickiah was appointed king over the people; and his name was Ammoron; thus king Ammoron, the brother of king Amalickiah, was appointed to reign in his stead.

And it came to pass that he did command that his people should maintain those cities, which they had taken by the shedding of blood; for they had not taken any cities save they had lost much blood.

And now, Teancum saw that the Lamanites were determined to maintain those cities which they had taken, and those parts of the land which they had obtained possession of; and also seeing the enormity of their number, Teancum thought it was not expedient that he should attempt to attack them in their forts.

But he kept his men round about, as if making preparations for war; yea, and truly he was preparing to defend himself against them, by casting up walls round about and preparing places of resort.

And it came to pass that he kept thus preparing for war until Moroni had sent a large number of men to strengthen his army.

8 At si Moroni ay nagpadala rin ng mga utos sa kanya na nararapat niyang bantayan ang lahat ng bihag na nahulog sa kanyang mga kamay; sapagkat ang mga Lamanita ay nakakuha ng maraming bihag, na bantayan niya ang lahat ng bihag na mga Lamanita bilang pantubos sa mga yaong nadakip ng mga Lamanita.

9 At siya ay nagpadala rin ng mga utos sa kanya na nararapat niyang patibayin ang lupaing Masagana, at pangalagaan ang makitid na daanan na tumutuloy sa lupaing kahilagaan, na baka makuha ng mga Lamanita ang dakong yaon at magkaroon ng lakas upang ligaligin sila sa lahat ng panig.

10 At si Moroni ay nagpasabi rin sa kanya, hinihiling sa kanya na maging matapat siya sa pangangalaga sa bahaging yaon ng lupain, at gamitin niya ang bawat pagkakataon upang bagabagin ang mga Lamanita sa bahaging yaon, sa abot ng kanyang makakaya, na baka sakaling muli niyang makuha sa pamamagitan ng pakana o sa iba pang paraan ang mga yaong lunsod na nakuha mula sa kanilang mga kamay; at na patitibayin din niya at palalakasin ang mga lunsod sa paligid, na hindi nahulog sa mga kamay ng mga Lamanita.

11 At sinabi rin niya sa kanya, magtutungo ako riyan sa iyo, subalit masdan, sinalakay kami ng mga Lamanita sa mga hangganan ng lupain sa may kanlurang dagat; at masdan, lalabanan ko sila, kaya nga hindi ako maaaring magtungo riyan sa iyo.

12 Ngayon, ang hari (si Amoron) ay lumisan sa lupain ng Zarahemla, at ipinaalam sa reyna ang hinggil sa pagkamatay ng kanyang kapatid, at nangalap ng malaking bilang ng mga tauhan, at humayo laban sa mga Nephita sa mga hangganan sa may kanlurang dagat.

13 At sa gayon niya sinisikap na ligaligin ang mga Nephita, at ipagtabuyan ang ilang bahagi ng kanilang mga hukbo sa bahaging yaon ng lupain, habang inutusan niya ang mga yaong kanyang iniwanan na angkinin ang mga lunsod na kanyang nasakop, nang maligalig din nila ang mga Nephita sa mga hangganan ng silangang dagat, at angkinin ang kanilang mga lupain hangga't makakaya nila, alinsunod sa lakas ng kanilang mga hukbo.

And Moroni also sent orders unto him that he should retain all the prisoners who fell into his hands; for as the Lamanites had taken many prisoners, that he should retain all the prisoners of the Lamanites as a ransom for those whom the Lamanites had taken.

And he also sent orders unto him that he should fortify the land Bountiful, and secure the narrow pass which led into the land northward, lest the Lamanites should obtain that point and should have power to harass them on every side.

And Moroni also sent unto him, desiring him that he would be faithful in maintaining that quarter of the land, and that he would seek every opportunity to scourge the Lamanites in that quarter, as much as was in his power, that perhaps he might take again by stratagem or some other way those cities which had been taken out of their hands; and that he also would fortify and strengthen the cities round about, which had not fallen into the hands of the Lamanites.

And he also said unto him, I would come unto you, but behold, the Lamanites are upon us in the borders of the land by the west sea; and behold, I go against them, therefore I cannot come unto you.

Now, the king (Ammoron) had departed out of the land of Zarahemla, and had made known unto the queen concerning the death of his brother, and had gathered together a large number of men, and had marched forth against the Nephites on the borders by the west sea.

And thus he was endeavoring to harass the Nephites, and to draw away a part of their forces to that part of the land, while he had commanded those whom he had left to possess the cities which he had taken, that they should also harass the Nephites on the borders by the east sea, and should take possession of their lands as much as it was in their power, according to the power of their armies.



- 14 At sa gayon ang mga Nephita ay nasa mga mapanganib na katayuang yaon sa pagtatapos ng ikadalawampu at anim na taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.
- 15 Subalit masdan, ito ay nangyari na, na sa ikadalawampu at pitong taon ng panunungkulan ng mga hukom, na si Tiantum, sa pag-uutos ni Moroni—na nagtalaga ng mga hukbo upang ipagtanggol ang katimugan at ang kanlurang hangganan ng lupain, at sinimulan ang kanyang paghayo patungo sa lupaing Masagana, upang matulungan niya si Tiantum kasama ang kanyang mga tauhan sa pagbawi ng mga lunsod na nawala sa kanila—
- 16 At ito ay nangyari na, na si Tiantum ay nakatanggap ng mga utos na gumawa ng pagsalakay sa lunsod ng Mulek, at bawiin ito kung maaari.
- 17 At ito ay nangyari na, na si Tiantum ay gumawa ng paghahanda upang magsagawa ng pagsalakay sa lunsod ng Mulek, at humayong kasama ang kanyang hukbo laban sa mga Lamanita; subalit nakita niya na hindi nila maaaring magapi sila habang sila ay nasa kanilang mga muog; kaya nga tinalikdan niya ang kanyang balak at muling bumalik sa lunsod ng Masagana, upang hintayin ang pagdating ni Moroni, nang siya ay makatanggap ng lakas sa kanyang hukbo.
- 18 At ito ay nangyari na, na si Moroni ay dumating na kasama ang kanyang hukbo sa lupain ng Masagana, sa pagtatapos ng ikadalawampu at pitong taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.
- 19 At sa pagsisimula ng ikadalawampu at walong taon, sina Moroni at Tiantum, at marami sa mga punong kapitan ay nagkaroon ng pulong ng digmaan—kung ano ang kanilang nararapat gawin upang magawa nilang palabasin ang mga Lamanita upang labanan sila sa digmaan; o maaari nilang linlangin sila sa anumang paraan upang sila ay lumabas sa kanilang mga muog, upang sila ay makakuha ng kalamangan laban sa kanila at muling makuha ang lunsod ng Mulek.

And thus were the Nephites in those dangerous circumstances in the ending of the twenty and sixth year of the reign of the judges over the people of Nephi.

But behold, it came to pass in the twenty and seventh year of the reign of the judges, that Teancum, by the command of Moroni—who had established armies to protect the south and the west borders of the land, and had begun his march towards the land Bountiful, that he might assist Teancum with his men in retaking the cities which they had lost—

And it came to pass that Teancum had received orders to make an attack upon the city of Mulek, and retake it if it were possible.

And it came to pass that Teancum made preparations to make an attack upon the city of Mulek, and march forth with his army against the Lamanites; but he saw that it was impossible that he could overpower them while they were in their fortifications; therefore he abandoned his designs and returned again to the city Bountiful, to wait for the coming of Moroni, that he might receive strength to his army.

And it came to pass that Moroni did arrive with his army at the land of Bountiful, in the latter end of the twenty and seventh year of the reign of the judges over the people of Nephi.

And in the commencement of the twenty and eighth year, Moroni and Teancum and many of the chief captains held a council of war—what they should do to cause the Lamanites to come out against them to battle; or that they might by some means flatter them out of their strongholds, that they might gain advantage over them and take again the city of Mulek.

20 At ito ay nangyari na, sila ay nagpasugo ng mga mensahero sa hukbo ng mga Lamanita, na nagtatanggol sa lunsod ng Mulek, sa kanilang pinuno, na nagngangalang Jacob, hinihiling sa kanya na siya ay lumabas na kasama ang kanyang mga hukbo upang harapin sila sa kapatagan na nasa pagitan ng dalawang lunsod. Subalit masdan, si Jacob, na isang Zoramita, ay tumangging lumabas na kasama ang kanyang hukbo upang harapin sila sa kapatagan.

21 At ito ay nangyari na, na si Moroni, na nawalan ng pag-asang makaharap sila sa isang patas na labanan, kaya nga, siya ay bumuo ng isang plano upang malinlang niyang lumabas ang mga Lamanita mula sa kanilang mga muog.

22 Anupa't inutusan niya si Tiankum na magsama ng maliit na bilang ng mga tauhan at humayo sa malapit sa dalampasigan; at si Moroni at ang kanyang hukbo, sa gabi, ay humayo sa ilang, sa kanluran ng lunsod ng Mulek; at sa gayon, sa kinabukasan, nang matuklasan ng mga bantay ng mga Lamanita sina Tiankum, sila ay nagsitakbo at sinabi ito kay Jacob, na kanilang pinuno.

23 At ito ay nangyari na, na ang mga hukbo ng mga Lamanita ay humayo laban kina Tiankum, inaakalang sa pamamagitan ng kanilang bilang ay magagapi sina Tiankum dahil sa kaliitan ng kanyang bilang. At nang makita ni Tiankum ang mga hukbo ng mga Lamanita na sumasalakay laban sa kanya, siya ay nagsimulang umurong pababa sa dalampasigan, pahilaga.

24 At ito ay nangyari na, nang makita ng mga Lamanita na siya ay nagsimulang tumakas, lumakas ang kanilang loob at tinugis sila nang matulin. At habang inilalayo nina Tiankum ang mga Lamanita na tumutugis sa kanila nang walang saysay, masdan, iniutos ni Moroni na isang bahagi ng kanyang hukbo na kasama niya ay humayo patungo sa lunsod, at angkinin ito.

25 At gayon ang ginawa nila, at pinatay ang lahat ng yaong naiwan upang ipagtanggol ang lunsod, oo, lahat ng yaong tumangging isuko ang kanilang mga sandata ng digmaan.

And it came to pass they sent embassies to the army of the Lamanites, which protected the city of Mulek, to their leader, whose name was Jacob, desiring him that he would come out with his armies to meet them upon the plains between the two cities. But behold, Jacob, who was a Zoramite, would not come out with his army to meet them upon the plains.

And it came to pass that Moroni, having no hopes of meeting them upon fair grounds, therefore, he resolved upon a plan that he might decoy the Lamanites out of their strongholds.

Therefore he caused that Teancum should take a small number of men and march down near the seashore; and Moroni and his army, by night, marched in the wilderness, on the west of the city Mulek; and thus, on the morrow, when the guards of the Lamanites had discovered Teancum, they ran and told it unto Jacob, their leader.

And it came to pass that the armies of the Lamanites did march forth against Teancum, supposing by their numbers to overpower Teancum because of the smallness of his numbers. And as Teancum saw the armies of the Lamanites coming out against him he began to retreat down by the seashore, northward.

And it came to pass that when the Lamanites saw that he began to flee, they took courage and pursued them with vigor. And while Teancum was thus leading away the Lamanites who were pursuing them in vain, behold, Moroni commanded that a part of his army who were with him should march forth into the city, and take possession of it.

And thus they did, and slew all those who had been left to protect the city, yea, all those who would not yield up their weapons of war.

26 At sa gayon nakuha ni Moroni ang pag-aari ng lunsod ng Mulek sa pamamagitan ng isang bahagi ng kanyang hukbo, samantalang siya ay humayong kasama ang nalalabi upang harapin ang mga Lamanita sa kanilang pagbalik mula sa pagtugis kina Tiankum.

27 At ito ay nangyari na, na tinugis ng mga Lamanita sina Tiankum hanggang sa sila ay makarating sa malapit sa lunsod ng Masagana, at pagkatapos sila ay hinarap nina Lehi at ng isang maliit na hukbo, na naiwanan upang ipagtanggol ang lunsod ng Masagana.

28 At ngayon masdan, nang mamasdan ng mga punong kapitan ng mga Lamanita si Lehi at ang kanyang hukbo na sumasalakay sa kanila, sila ay nagsitakas sa labis na pagkalito, na baka hindi nila makuha ang lunsod ng Mulek bago sila maabutan nina Lehi; sapagkat sila ay napagod dahil sa kanilang paghayo, at ang mga tauhan ni Lehi ay hindi pagod.

29 Ngayon, hindi nalalaman ng mga Lamanita na si Moroni ay nasa likuran nila kasama ang kanyang hukbo; at ang kinatatakutan lamang nila ay si Lehi at ang kanyang mga tauhan.

30 Ngayon, hindi nais nina Lehi na sila ay maabutan hanggang sa makaharap nila si Moroni at ang kanyang hukbo.

31 At ito ay nangyari na, na bago pa nakaatras nang malayo ang mga Lamanita sila ay napaligiran na ng mga Nephita, ng mga tauhan ni Moroni sa isang panig, at ng mga tauhan ni Lehi sa kabila, lahat sila ay pawang mga hindi pagod at puno ng lakas; subalit ang mga Lamanita ay pagod dahil sa kanilang mahabang paghayo.

32 At inutusan ni Moroni ang kanyang mga tauhan na salakayin sila hanggang sa isuko nila ang kanilang mga sandata ng digmaan.

33 At ito ay nangyari na, na si Jacob, na kanilang pinuno, na isa ring Zoramita, at may di malupig na espiritu, pinamunuan niya ang mga Lamanita na makidigma sa masidhing galit laban kina Moroni.

And thus Moroni had obtained possession of the city Mulek with a part of his army, while he marched with the remainder to meet the Lamanites when they should return from the pursuit of Teancum.

And it came to pass that the Lamanites did pursue Teancum until they came near the city Bountiful, and then they were met by Lehi and a small army, which had been left to protect the city Bountiful.

And now behold, when the chief captains of the Lamanites had beheld Lehi with his army coming against them, they fled in much confusion, lest perhaps they should not obtain the city Mulek before Lehi should overtake them; for they were wearied because of their march, and the men of Lehi were fresh.

Now the Lamanites did not know that Moroni had been in their rear with his army; and all they feared was Lehi and his men.

Now Lehi was not desirous to overtake them till they should meet Moroni and his army.

And it came to pass that before the Lamanites had retreated far they were surrounded by the Nephites, by the men of Moroni on one hand, and the men of Lehi on the other, all of whom were fresh and full of strength; but the Lamanites were wearied because of their long march.

And Moroni commanded his men that they should fall upon them until they had given up their weapons of war.

And it came to pass that Jacob, being their leader, being also a Zoramite, and having an unconquerable spirit, he led the Lamanites forth to battle with exceeding fury against Moroni.

- 34 Sina Moroni na nasa kanilang daraanan, anupa't nagtika si Jacob na patayin sila at maghawan ng kanyang daraanan patungo sa lunsod ng Mulek. Subalit masdan, si Moroni at ang kanyang mga tauhan ay higit na malalakas; kaya nga hindi nila binigyang-daan ang mga Lamanita.
- 35 At ito ay nangyari na, na sila ay lumaban sa magkabilang panig sa masidhing galit; at marami ang napatay sa magkabilang panig; oo, at si Moroni ay nasugatan at si Jacob ay napatay.
- 36 At si Lehi ay dumaluhong sa kanilang likuran sa masidhing galit kasama ang kanyang malalakas na tauhan, kung kaya't ang mga Lamanita sa likuran ay nagsuko ng kanilang mga sandata ng digmaan; at ang nalalabi sa kanila, sapagkat labis na nalito, ay hindi malaman kung saan susuling o hahataw.
- 37 Ngayon, si Moroni na nakikita ang kanilang pagkalito, sinabi niya sa kanila: Kung dadalhin ninyo ang inyong mga sandata ng digmaan at isusuko ang mga ito, masdan, ititigil namin ang pagpapadana ng inyong dugo.
- 38 At ito ay nangyari na, nang marinig ng mga Lamanita ang mga salitang ito, ang kanilang mga punong kapitan, lahat ng yaong hindi napatay, ay lumapit at inihagis ang kanilang mga sandata ng digmaan sa paanan ni Moroni, at inutusan din ang kanilang mga tauhan na gayon din ang kanilang gawin.
- 39 Subalit masdan, marami ang tumanggi; at ang mga yaong tumangging isuko ang kanilang mga espada ay dinakip at iginapos, at ang kanilang mga sandata ng digmaan ay kinuha mula sa kanila, at napilitan silang humayo kasama ng kanilang mga kapatid patungo sa lupaing Masagana.
- 40 Ngayon, ang bilang ng mga bihag na nadakip ay nahigitan pa ang bilang ng mga yaong napatay, oo, higit pa sa yaong mga napatay sa magkabilang panig.

Moroni being in their course of march, therefore Jacob was determined to slay them and cut his way through to the city of Mulek. But behold, Moroni and his men were more powerful; therefore they did not give way before the Lamanites.

And it came to pass that they fought on both hands with exceeding fury; and there were many slain on both sides; yea, and Moroni was wounded and Jacob was killed.

And Lehi pressed upon their rear with such fury with his strong men, that the Lamanites in the rear delivered up their weapons of war; and the remainder of them, being much confused, knew not whither to go or to strike.

Now Moroni seeing their confusion, he said unto them: If ye will bring forth your weapons of war and deliver them up, behold we will forbear shedding your blood.

And it came to pass that when the Lamanites had heard these words, their chief captains, all those who were not slain, came forth and threw down their weapons of war at the feet of Moroni, and also commanded their men that they should do the same.

But behold, there were many that would not; and those who would not deliver up their swords were taken and bound, and their weapons of war were taken from them, and they were compelled to march with their brethren forth into the land Bountiful.

And now the number of prisoners who were taken exceeded more than the number of those who had been slain, yea, more than those who had been slain on both sides.

## Alma 53

- 1 At ito ay nangyari na, na sila ay nagtalaga ng mga bantay sa mga bihag na mga Lamanita, at pinilit silang humayo at ilibing ang kanilang mga patay, oo, at ang mga patay rin ng mga Nephita na nasawi; at si Moroni ay nagtalaga ng mga tauhan upang bantayan sila habang ginagawa nila ang kanilang mga gawain.
- 2 At si Moroni ay nagtungo sa lunsod ng Mulek na kasama si Lehi, at kinuha ang pamumuno ng lunsod at ibinigay ito kay Lehi. Ngayon masdan, ang Lehi na ito ay isang lalaking nakasama ni Moroni sa malaking bahagi ng lahat ng kanyang pakikidigma; at siya ay lalaking natutulad kay Moroni, at sila ay nagagalak sa kaligtasan ng bawat isa; oo, sila ay nagmamahalan sa isa't isa, at minamahal din ng lahat ng tao ni Nephi.
- 3 At ito ay nangyari na, na matapos mailibing ng mga Lamanita ang kanilang mga patay at ang mga patay rin ng mga Nephita, ay pinalakad sila pabalik sa lupaing Masagana; at si Tiantum, sa mga utos ni Moroni, ay nag-utos na magsimula silang gumawa sa paghuhukay ng mga bambang sa paligid ng lupain, o ng lunsod, ng Masagana.
- 4 At iniutos niya na magtayo sila ng muog na kahoy sa loob ng pampang ng bambang; at sila ay nagtambak ng lupa ng bambang sa muog na kahoy; at sa gayon nila pinagawa ang mga Lamanita hanggang sa mapaligiran nila ang lunsod ng Masagana ng matatag na muog na kahoy at lupa, nang napakataas.
- 5 At ang lunsod na ito ay naging napakatibay na muog mula noon; at sa lunsod na ito nila binantayan ang mga bihag na mga Lamanita; oo, maging sa loob ng muog na kanilang iniutos sa kanila na itayo sa pamamagitan ng kanilang sariling mga kamay. Ngayon, si Moroni ay napilitang utusan ang mga Lamanita na gumawa, dahil sa madali silang bantayan habang nasa kanilang gawain; at kailangan niya ang lahat ng kanyang lakas kapag siya ay gagawa ng pagsalakay sa mga Lamanita.

## Alma 53

And it came to pass that they did set guards over the prisoners of the Lamanites, and did compel them to go forth and bury their dead, yea, and also the dead of the Nephites who were slain; and Moroni placed men over them to guard them while they should perform their labors.

And Moroni went to the city of Mulek with Lehi, and took command of the city and gave it unto Lehi. Now behold, this Lehi was a man who had been with Moroni in the more part of all his battles; and he was a man like unto Moroni, and they rejoiced in each other's safety; yea, they were beloved by each other, and also beloved by all the people of Nephi.

And it came to pass that after the Lamanites had finished burying their dead and also the dead of the Nephites, they were marched back into the land Bountiful; and Teancum, by the orders of Moroni, caused that they should commence laboring in digging a ditch round about the land, or the city, Bountiful.

And he caused that they should build a breastwork of timbers upon the inner bank of the ditch; and they cast up dirt out of the ditch against the breastwork of timbers; and thus they did cause the Lamanites to labor until they had encircled the city of Bountiful round about with a strong wall of timbers and earth, to an exceeding height.

And this city became an exceeding stronghold ever after; and in this city they did guard the prisoners of the Lamanites; yea, even within a wall which they had caused them to build with their own hands. Now Moroni was compelled to cause the Lamanites to labor, because it was easy to guard them while at their labor; and he desired all his forces when he should make an attack upon the Lamanites.

6 At ito ay nangyari na, na si Moroni ay nagtamo ng tagumpay sa isa sa pinakamalakas na mga hukbo ng mga Lamanita, at nabawi ang pag-aari ng lunsod ng Mulek, na isa sa pinakamalakas na muog ng mga Lamanita sa lupain ng Nephi; at sa gayon din siya nakapagtayo ng muog upang mabantayan ang kanyang mga bihag.

7 At ito ay nangyari na, na hindi na siya nangahas pang makidigma sa mga Lamanita sa taong yaon, kundi pinagawa niya ang kanyang mga tauhan sa paghahanda para sa digmaan, oo, at sa paggawa ng mga muog upang magbantay laban sa mga Lamanita, oo, at sa pagliligtas din ng kanilang kababaihan at kanilang mga anak mula sa taggutom at paghihirap, at paglalaan ng pagkain para sa kanilang mga hukbo.

8 At ngayon ito ay nangyari na, na ang mga hukbo ng mga Lamanita, sa kanlurang dagat, sa katimugan, habang wala si Moroni dahil sa ilang di pagkakaunawaan sa mga Nephita, na pinagmulan ng mga pagtitiwalag sa kanila, ay nakakuha ng kaunting pagwawagi sa mga Nephita, oo, kung kaya't sila ay nakapag-angkin ng ilang bilang ng kanilang mga lunsod sa bahaging yaon ng lupain.

9 At sa gayon dahil sa kasamaan sa kanila, oo, dahil sa mga pagtitiwalag at di pagkakaunawaan sa kanila, sila ay nalagay sa napakamapanganib na katayuan.

10 At ngayon masdan, ako ay may sasabihin kahit paano hinggil sa mga tao ni Ammon, na, noong una, ay mga Lamanita; subalit dahil kay Ammon at sa kanyang mga kapatid, o kaya'y dahil sa kapangyarihan at salita ng Diyos, sila ay nagbalik-loob sa Panginoon; at sila ay dinala sa lupain ng Zarahemla, at mula noon ay ipinagtanggol na ng mga Nephita.

11 At dahil sa kanilang sumpa sila ay napipigilang humawak ng mga sandata laban sa kanilang mga kapatid; sapagkat sila ay gumawa ng panunumpang hindi na sila magpapadanak pa ng dugo; at alinsunod sa kanilang sumpa sila ay nasawi na sana; oo, pahihintulutan na sana nila ang kanilang sarili na mahulog sa mga kamay ng kanilang mga kapatid, kung hindi lamang sa awa at labis na pagmamahal ni Ammon at ng kanyang mga kapatid sa kanila.

And it came to pass that Moroni had thus gained a victory over one of the greatest of the armies of the Lamanites, and had obtained possession of the city of Mulek, which was one of the strongest holds of the Lamanites in the land of Nephi; and thus he had also built a stronghold to retain his prisoners.

And it came to pass that he did no more attempt a battle with the Lamanites in that year, but he did employ his men in preparing for war, yea, and in making fortifications to guard against the Lamanites, yea, and also delivering their women and their children from famine and affliction, and providing food for their armies.

And now it came to pass that the armies of the Lamanites, on the west sea, south, while in the absence of Moroni on account of some intrigue amongst the Nephites, which caused dissensions amongst them, had gained some ground over the Nephites, yea, insomuch that they had obtained possession of a number of their cities in that part of the land.

And thus because of iniquity amongst themselves, yea, because of dissensions and intrigue among themselves they were placed in the most dangerous circumstances.

And now behold, I have somewhat to say concerning the people of Ammon, who, in the beginning, were Lamanites; but by Ammon and his brethren, or rather by the power and word of God, they had been converted unto the Lord; and they had been brought down into the land of Zarahemla, and had ever since been protected by the Nephites.

And because of their oath they had been kept from taking up arms against their brethren; for they had taken an oath that they never would shed blood more; and according to their oath they would have perished; yea, they would have suffered themselves to have fallen into the hands of their brethren, had it not been for the pity and the exceeding love which Ammon and his brethren had had for them.

12 At dahil dito sila ay dinala sa lupain ng Zarahemla; at mula noon ay ipinagtanggol na ng mga Nephita.

13 Subalit ito ay nangyari na, nang makita nila ang panganib, at ang maraming paghihirap at pagdurusang binabata ng mga Nephita para sa kanila, sila ay naantig sa pagkaawa at nagnais na humawak ng mga sandata sa pagtatanggol ng kanilang bayan.

14 Subalit masdan, nang kukunin na nila ang kanilang mga sandata ng digmaan, sila ay nadaig ng mga pakiusap ni Helaman at ng kanyang mga kapatid, sapagkat sisirain na sana nila ang sumpang ginawa nila.

15 At si Helaman ay natakot na baka sa paggawa nito ay mawala ang kanilang mga kaluluwa; anupa't ang lahat ng yaong pumasok sa tipang ito ay napilitang masdan ang kanilang mga kapatid na danasin ang kanilang paghihirap, sa kanilang mapanganib na katayuan sa panahong ito.

16 Subalit masdan, ito ay nangyari na, na sila ay maraming anak na lalaki, na hindi nakipagtipan na hindi nila kukunin ang kanilang mga sandata ng digmaan upang ipagtanggol ang kanilang sarili laban sa kanilang mga kaaway; kaya nga samasamang nagtipon sila ng kanilang sarili sa oras na ito, kasindami ng makapaghahawak ng sandata, at tinawag nila ang kanilang sariling mga Nephita.

17 At sila ay nakipagtipan na makikipaglaban para sa kalayaan ng mga Nephita, oo, na ipagtanggol ang lupain hanggang sa pag-aalay ng kanilang buhay; oo, maging sila ay nakipagtipang hindi kailanman isusuko ang kanilang kalayaan, kundi sila ay makikipaglaban sa lahat ng pagkakataon upang maipagtanggol ang mga Nephita at ang kanilang sarili mula sa pagkaalipin.

18 Ngayon masdan, may dalawang libo ang mga kabataang lalaking yaon, na pumasok sa tipang ito at kinuha ang kanilang mga sandata ng digmaan upang ipagtanggol ang kanilang bayan.

19 At ngayon masdan, sapagkat hindi pa sila naging pabigat sa mga Nephita, sila ngayon sa panahong ito ay naging isang malaking tulong din; sapagkat kinuha nila ang kanilang mga sandata ng digmaan, at ninais nilang si Helaman ang maging pinuno nila.

And for this cause they were brought down into the land of Zarahemla; and they ever had been protected by the Nephites.

But it came to pass that when they saw the danger, and the many afflictions and tribulations which the Nephites bore for them, they were moved with compassion and were desirous to take up arms in the defence of their country.

But behold, as they were about to take their weapons of war, they were overpowered by the persuasions of Helaman and his brethren, for they were about to break the oath which they had made.

And Helaman feared lest by so doing they should lose their souls; therefore all those who had entered into this covenant were compelled to behold their brethren wade through their afflictions, in their dangerous circumstances at this time.

But behold, it came to pass they had many sons, who had not entered into a covenant that they would not take their weapons of war to defend themselves against their enemies; therefore they did assemble themselves together at this time, as many as were able to take up arms, and they called themselves Nephites.

And they entered into a covenant to fight for the liberty of the Nephites, yea, to protect the land unto the laying down of their lives; yea, even they covenanted that they never would give up their liberty, but they would fight in all cases to protect the Nephites and themselves from bondage.

Now behold, there were two thousand of those young men, who entered into this covenant and took their weapons of war to defend their country.

And now behold, as they never had hitherto been a disadvantage to the Nephites, they became now at this period of time also a great support; for they took their weapons of war, and they would that Helaman should be their leader.

- 20 At lahat sila ay mga kabataang lalaki, at sila ay napakagigiting, at gayon din sa lakas at gawain; subalit masdan, hindi lamang ito—sila’y kalalakihang matatapat sa lahat ng panahon sa anumang bagay na ipinagkakatiwala sa kanila.
- 21 Oo, sila’y mga lalaki ng katotohanan at maunawain, sapagkat sila ay naturuang sumunod sa mga kautusan ng Diyos at lumakad nang matwid sa kanyang harapan.
- 22 At ngayon ito ay nangyari na, na si Helaman ay humayo sa unahan ng kanyang dalawang libong kabataang mga kawal, upang tulungan ang mga tao sa mga hangganan ng lupain sa katimugan sa may kanlurang dagat.
- 23 At sa gayon nagtapos ang ikadalawampu at walong taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.

And they were all young men, and they were exceedingly valiant for courage, and also for strength and activity; but behold, this was not all—they were men who were true at all times in whatsoever thing they were entrusted.

Yea, they were men of truth and soberness, for they had been taught to keep the commandments of God and to walk uprightly before him.

And now it came to pass that Helaman did march at the head of his two thousand stripling soldiers, to the support of the people in the borders of the land on the south by the west sea.

And thus ended the twenty and eighth year of the reign of the judges over the people of Nephi.



## Alma 54

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, na sa pagsisimula ng ikadalawampu at siyam na taon ng mga hukom, na si Amoron ay nagpasabi kay Moroni hinihiling sa kanya na makipagpalitan ng mga bihag.
- 2 At ito ay nangyari na, na si Moroni ay nakaramdam ng labis na kasiyahan sa kahilingang ito, sapagkat kanyang kailangan ang mga pagkaing ibinibigay para sa mga bihag na mga Lamanita para sa kanyang sariling mga tao; at kailangan din niya ang kanyang sariling mga tao para sa pagpapalakas ng kanyang hukbo.
- 3 Ngayon, ang mga Lamanita ay nakadakip ng maraming babae at bata, at wala ni isang babae ni bata sa lahat ng bihag ni Moroni, o sa mga bihag na nadakip ni Moroni; kaya nga, si Moroni ay bumuo ng isang pakana upang makakuha ng higit na maraming bihag na mga Nephita mula sa mga Lamanita hangga't maaari.
- 4 Anupa't siya ay sumulat ng isang liham, at ipinadala ito sa tagapagsilbi ni Amoron, na siya ring nagbigay ng liham kay Moroni. Ngayon, ito ang mga salitang isinulat niya kay Amoron, sinasabing:
- 5 Masdan, Amoron, ako ay sumulat sa iyo kahit paano hinggil sa digmaang ito na iyong pinasimulan laban sa aking mga tao, o kaya'y ang pinasimulan ng iyong kapatid laban sa kanila, at ipinipilit mo pa ring ipagpatuloy matapos ang kanyang kamatayan.
- 6 Masdan, ako ay mangungusap sa iyo kahit paano hinggil sa katarungan ng Diyos, at ang espada ng kanyang pinakamakapangyarihang poot, na nakaumang sa inyo maliban kung magsisisi ka at iuurong ang iyong mga hukbo sa inyong sariling mga lupain, o sa lupain na inyong pag-aari, ang lupain ng Nephi.
- 7 Oo, sasabihin ko sa iyo ang mga bagay na ito kung may kakayahan kang maunawaan ang mga ito; oo, sasabihin ko sa iyo ang hinggil sa yaong kakilakilabot na impiyerno na naghihintay na tumanggap ng mga mamamatay-taong tulad mo at ng iyong kapatid, maliban kung magsisisi ka at iuurong ang iyong masasamang layunin, at magbalik kasama ang iyong mga hukbo sa inyong sariling mga lupain.

## Alma 54

And now it came to pass in the commencement of the twenty and ninth year of the judges, that Ammoron sent unto Moroni desiring that he would exchange prisoners.

And it came to pass that Moroni felt to rejoice exceedingly at this request, for he desired the provisions which were imparted for the support of the Lamanite prisoners for the support of his own people; and he also desired his own people for the strengthening of his army.

Now the Lamanites had taken many women and children, and there was not a woman nor a child among all the prisoners of Moroni, or the prisoners whom Moroni had taken; therefore Moroni resolved upon a stratagem to obtain as many prisoners of the Nephites from the Lamanites as it were possible.

Therefore he wrote an epistle, and sent it by the servant of Ammoron, the same who had brought an epistle to Moroni. Now these are the words which he wrote unto Ammoron, saying:

Behold, Ammoron, I have written unto you somewhat concerning this war which ye have waged against my people, or rather which thy brother hath waged against them, and which ye are still determined to carry on after his death.

Behold, I would tell you somewhat concerning the justice of God, and the sword of his almighty wrath, which doth hang over you except ye repent and withdraw your armies into your own lands, or the land of your possessions, which is the land of Nephi.

Yea, I would tell you these things if ye were capable of hearkening unto them; yea, I would tell you concerning that awful hell that awaits to receive such murderers as thou and thy brother have been, except ye repent and withdraw your murderous purposes, and return with your armies to your own lands.

- 8 Subalit tulad nang minsang tanggihan ninyo ang mga bagay na ito, at nakipaglaban sa mga tao ng Panginoon, gayon din inaakala kong ito ay muli mong gagawin.
- 9 At ngayon masdan, kami ay nakahandang harapin kayo; oo, at maliban kung iuulong ninyo ang inyong mga layunin, masdan, hahatakin ninyong pababa ang poot ng Diyos na yaong itinatwa ninyo, maging hanggang sa lubusan ninyong pagkalipol.
- 10 Subalit, yamang buhay ang Panginoon, ang aming mga hukbo ay sasalakayin kayo maliban kung kayo ay uulong, at malapit na kayong dalawin ng kamatayan, sapagkat pananatilihin namin ang aming mga lunsod at aming mga lupain; oo, at pangangalagaan namin ang aming relihiyon at ang layunin ng aming Diyos.
- 11 Subalit masdan, inaakala kong kinakausap kita hinggil sa mga bagay na ito nang walang saysay; o inaakala ko na ikaw ay anak ng impiyerno; anupa't isasara ko ang aking liham sa pamamagitan ng pagsasabi sa iyo na hindi ako makikipagpalitan ng bihag, maliban kung magpapalaya kayo ng isang lalaki at kanyang asawa at kanyang anak, para sa isang bihag; kung ganito ang iyong gagawin, ako ay makikipagpalitan.
- 12 At masdan, kung hindi ninyo gagawin ito, sasalakayin ko kayo na kasama ang aking mga hukbo; oo, maging sasandatahan ko ang aking kababaihan at aking mga anak, at sasalakayin ko kayo, at susundan ko kayo maging sa inyong sariling lupain, na lupain ng ating unang mana; oo, at ito ay magiging dugo sa dugo, oo, buhay sa buhay; at ako ay makikidigma sa inyo maging hanggang sa kayo'y malipol sa balat ng lupa.
- 13 Masdan, ako'y nasa aking galit, at gayon din ang mga tao ko; hinangad ninyong paslangin kami, at hinangad lamang naming ipagtanggol ang aming sarili. Subalit masdan, kung hahangarin pa rin ninyong lipulin kami ay hahangarin naming lipulin kayo; oo, at kukunin namin ang aming mga lupain, ang lupain ng ating unang mana.
- 14 Ngayon isinasara ko ang aking liham. Ako si Moroni; ako ay pinuno ng mga tao ng mga Nephita.

But as ye have once rejected these things, and have fought against the people of the Lord, even so I may expect you will do it again.

And now behold, we are prepared to receive you; yea, and except you withdraw your purposes, behold, ye will pull down the wrath of that God whom you have rejected upon you, even to your utter destruction.

But, as the Lord liveth, our armies shall come upon you except ye withdraw, and ye shall soon be visited with death, for we will retain our cities and our lands; yea, and we will maintain our religion and the cause of our God.

But behold, it supposeth me that I talk to you concerning these things in vain; or it supposeth me that thou art a child of hell; therefore I will close my epistle by telling you that I will not exchange prisoners, save it be on conditions that ye will deliver up a man and his wife and his children, for one prisoner; if this be the case that ye will do it, I will exchange.

And behold, if ye do not this, I will come against you with my armies; yea, even I will arm my women and my children, and I will come against you, and I will follow you even into your own land, which is the land of our first inheritance; yea, and it shall be blood for blood, yea, life for life; and I will give you battle even until you are destroyed from off the face of the earth.

Behold, I am in my anger, and also my people; ye have sought to murder us, and we have only sought to defend ourselves. But behold, if ye seek to destroy us more we will seek to destroy you; yea, and we will seek our land, the land of our first inheritance.

Now I close my epistle. I am Moroni; I am a leader of the people of the Nephites.

- 15 Ngayon ito ay nangyari na, na si Amoron, nang matanggap niya ang liham na ito, ay nagalit; at siya ay sumulat ng isa pang liham kay Moroni, at ito ang mga salitang isinulat niya, sinasabing:
- 16 Ako si Amoron, ang hari ng mga Lamanita; ako'y kapatid ni Amalikeo na pinaslang ninyo. Masdan, ipaghihiganti ko ang kanyang dugo sa iyo, oo, at sasalakayin kita na kasama ang aking mga hukbo sapagkat hindi ako natatakot sa mga pagbabanta mo.
- 17 Sapagkat masdan, inapi ng inyong mga ama ang kanilang mga kapatid, hanggang sa kanilang pagnakawan sila ng kanilang karapatan sa pamahalaan gayong ito ay karapat-dapat lamang sa kanila.
- 18 At ngayon masdan, kung ibababa ninyo ang inyong mga sandata, at pasailalim ang inyong sarili na pamahalaan ng mga yaong karapat-dapat sa pamahalaan, doon ko lamang iuutos na ibaba ng aking mga tao ang kanilang mga sandata at hindi na makikidigma.
- 19 Masdan, nagsabi ka ng maraming pagbabanta laban sa akin at sa aking mga tao; subalit masdan, hindi kami natatakot sa mga pagbabanta mo.
- 20 Gayon pa man, papayag akong makipagpalitan ng mga bihag alinsunod sa iyong kahilingan, nang nagagalak, upang mailaan ko ang aking pagkain para sa aking mga tauhan ng digmaan; at magpapatuloy kami ng pakikidigma nang walang hanggan, maging sa pagpapasailalim sa mga Nephita sa aming kapangyarihan o sa kanilang walang hanggang pagkalipol.
- 21 At hinggil sa Diyos na yaon na iyong sinasabing aming tinanggihan, masdan, wala kaming nakikilalang gayong katauhan; ni kayo man; subalit kung may katauhan ngang gayon, ay hindi namin nalalaman kung siya nga ang lumikha sa amin at gayon din sa inyo.
- 22 At kung mayroon ngang diyablo at impiyerno, masdan, hindi ka ba niya ipadadala roon upang manirahang kasama ng aking kapatid na inyong pinaslang, na iyong ipinahiwatig na nagtungo siya sa isang lugar na gayon? Subalit masdan, ang mga bagay na ito ay walang halaga.
- 23 Ako si Amoron, at isang inapo ni Zoram, na pinilit ng inyong mga ama at inilabas sa Jerusalem.

Now it came to pass that Ammoron, when he had received this epistle, was angry; and he wrote another epistle unto Moroni, and these are the words which he wrote, saying:

I am Ammoron, the king of the Lamanites; I am the brother of Amalickiah whom ye have murdered. Behold, I will avenge his blood upon you, yea, and I will come upon you with my armies for I fear not your threatenings.

For behold, your fathers did wrong their brethren, insomuch that they did rob them of their right to the government when it rightly belonged unto them.

And now behold, if ye will lay down your arms, and subject yourselves to be governed by those to whom the government doth rightly belong, then will I cause that my people shall lay down their weapons and shall be at war no more.

Behold, ye have breathed out many threatenings against me and my people; but behold, we fear not your threatenings.

Nevertheless, I will grant to exchange prisoners according to your request, gladly, that I may preserve my food for my men of war; and we will wage a war which shall be eternal, either to the subjecting the Nephites to our authority or to their eternal extinction.

And as concerning that God whom ye say we have rejected, behold, we know not such a being; neither do ye; but if it so be that there is such a being, we know not but that he hath made us as well as you.

And if it so be that there is a devil and a hell, behold will he not send you there to dwell with my brother whom ye have murdered, whom ye have hinted that he hath gone to such a place? But behold these things matter not.

I am Ammoron, and a descendant of Zoram, whom your fathers pressed and brought out of Jerusalem.

24 At masdan ngayon, ako ay magiting na Lamanita; masdan, ang digmaang ito ay ipinagpatuloy upang ipaghiganti ang kanilang mga kaapihan, at mapangalagaan at matamo ang kanilang karapatan sa pamahalaan; at isinasara ko ang aking liham kay Moroni.

And behold now, I am a bold Lamanite; behold, this war hath been waged to avenge their wrongs, and to maintain and to obtain their rights to the government; and I close my epistle to Moroni.

## Alma 55

- 1 Ngayon ito ay nangyari na, nang matanggap ni Moroni ang liham na ito ay lalo siyang nagalit, dahil sa nalalaman niyang si Amoron ay may ganap na kaalaman hinggil sa kanyang panlilinlang; oo, nalalaman niyang alam ni Amoron na isang hindi makatwirang layunin ang nag-udyok sa kanya na ipagpatuloy ang pakikidigma laban sa mga tao ni Nephi.
- 2 At sinabi niya: Masdan, hindi ako makikipagpalitan ng mga bihag kay Amoron maliban kung iurong niya ang kanyang layunin, tulad ng aking ipinahayag sa aking liham; sapagkat hindi ko ipagkakaloob sa kanya na magkaroon pa siya ng karagdagang lakas nang higit sa kanyang tinataglay.
- 3 Masdan, nalalaman ko ang lugar kung saan binabantayan ng mga Lamanita ang aking mga tao na kanilang mga dinalang bihag; at dahil sa tumangging ipagkaloob sa akin ni Amoron ang aking liham, masdan, ipagkakaloob ko sa kanya ang naaayon sa aking mga salita; oo, maghahangad ako ng kamatayan sa kanila hanggang sa sila ang humiling ng kapayapaan.
- 4 At ngayon ito ay nangyari na, nang sabihin ni Moroni ang mga salitang ito, iniutos niya na magkaroon ng paghahanap sa kanyang mga mga tauhan, na baka siya ay makakita ng isang lalaking inapo ni Laman sa kanila.
- 5 At ito ay nangyari na, na sila ay nakatagpo ng isa, na nanggagalang Laman; at siya ay isa sa mga tagapagsilbi ng hari na pinaslang ni Amalikeo.
- 6 Ngayon iniutos ni Moroni na si Laman at maliit na bilang ng kanyang mga tauhan ay magtungo sa mga bantay ng mga Nephita.
- 7 Ngayon, ang mga Nephita ay nababantayan sa lunsod ng Gid; samakatwid hinirang ni Moroni si Laman at iniutos na siya ay samahan ng ilan sa kanyang mga tauhan.

## Alma 55

Now it came to pass that when Moroni had received this epistle he was more angry, because he knew that Ammoron had a perfect knowledge of his fraud; yea, he knew that Ammoron knew that it was not a just cause that had caused him to wage a war against the people of Nephi.

And he said: Behold, I will not exchange prisoners with Ammoron save he will withdraw his purpose, as I have stated in my epistle; for I will not grant unto him that he shall have any more power than what he hath got.

Behold, I know the place where the Lamanites do guard my people whom they have taken prisoners; and as Ammoron would not grant unto me mine epistle, behold, I will give unto him according to my words; yea, I will seek death among them until they shall sue for peace.

And now it came to pass that when Moroni had said these words, he caused that a search should be made among his men, that perhaps he might find a man who was a descendant of Laman among them.

And it came to pass that they found one, whose name was Laman; and he was one of the servants of the king who was murdered by Amalickiah.

Now Moroni caused that Laman and a small number of his men should go forth unto the guards who were over the Nephites.

Now the Nephites were guarded in the city of Gid; therefore Moroni appointed Laman and caused that a small number of men should go with him.

- 8 At nang gumabi, si Laman ay nagtungo sa mga bantay ng mga Nephita, at masdan, kanilang nakita siya na dumarating at kanilang tinawag siya; subalit sinabi niya sa kanila: Huwag kayong matakot; masdan, ako'y isang Lamanita. Masdan, nakatakas kami mula sa mga Nephita, at sila ay natutulog; at masdan, kami ay kumuha ng mga alak nila at dinala namin.
- 9 Ngayon, nang marinig ng mga Lamanita ang mga salitang ito ay kanilang tinanggap siya nang may kagalakan; at sinabi nila sa kanya: Bigyan mo kami ng iyong alak, upang kami ay makainom; nagagalak kaming nakapagdala ka ng alak sapagkat kami'y napapagod.
- 10 Subalit sinabi ni Laman sa kanila: Itabi natin ang ating alak hanggang sa tayo ay sumalakay laban sa mga Nephita upang makidigma. Subalit sa sinabi niyang ito ay lalo lamang silang naghangad na uminom ng alak;
- 11 Sapagkat, sinabi nila: Kami ay napapagod, kaya nga, tayo ay uminom ng alak, at maya-maya'y makatatanggap tayo ng alak para sa ating panustos, na magpapalakas sa atin upang makipaglaban sa mga Nephita.
- 12 At sinabi ni Laman sa kanila: Maaari ninyong gawin ang naaayon sa inyong mga naisin.
- 13 At ito ay nangyari na, na malaya silang nagsiinom ng alak; at masarap ito sa kanilang panlasa, kaya nga, sila ay lalong naging malaya sa pag-inom nito; at ito ay matapang; dahil sa inihanda itong matapang.
- 14 At ito ay nangyari na, na sila ay uminom at nagsaya, at maya-maya silang lahat ay nalango.
- 15 At ngayon, nang makita ni Laman at ng kanyang mga tauhan na nalango na silang lahat, at nangahihimbing, nagsibalik sila kay Moroni at sinabi sa kanya ang lahat ng naganap.
- 16 At ngayon, ito ay alinsunod sa balak ni Moroni. At sinandatahan ni Moroni ang kanyang mga tauhan ng mga sandata ng digmaan; at siya ay nagtungo sa lunsod ng Gid, habang nahihimbing ang mga Lamanita at mga lango, at naghagis ng mga sandata ng digmaan sa mga bihag, hanggang sa silang lahat ay nasandatahan;

And when it was evening Laman went to the guards who were over the Nephites, and behold, they saw him coming and they hailed him; but he saith unto them: Fear not; behold, I am a Lamanite. Behold, we have escaped from the Nephites, and they sleep; and behold we have taken of their wine and brought with us.

Now when the Lamanites heard these words they received him with joy; and they said unto him: Give us of your wine, that we may drink; we are glad that ye have thus taken wine with you for we are weary.

But Laman said unto them: Let us keep of our wine till we go against the Nephites to battle. But this saying only made them more desirous to drink of the wine;

For, said they: We are weary, therefore let us take of the wine, and by and by we shall receive wine for our rations, which will strengthen us to go against the Nephites.

And Laman said unto them: You may do according to your desires.

And it came to pass that they did take of the wine freely; and it was pleasant to their taste, therefore they took of it more freely; and it was strong, having been prepared in its strength.

And it came to pass they did drink and were merry, and by and by they were all drunken.

And now when Laman and his men saw that they were all drunken, and were in a deep sleep, they returned to Moroni and told him all the things that had happened.

And now this was according to the design of Moroni. And Moroni had prepared his men with weapons of war; and he went to the city Gid, while the Lamanites were in a deep sleep and drunken, and cast in weapons of war unto the prisoners, inso-much that they were all armed;

- 17 Oo, maging ang kanilang kababaihan, at lahat ng yaong kanilang mga anak, kasindami ng may kakayahang gumamit ng sandata ng digmaan, nang masandatahan ni Moroni ang lahat ng bihag na yaon; at ang lahat ng bagay na yaon ay naisagawa sa napakalalim na katahimikan.
- 18 Subalit kung nagising nila ang mga Lamanita, masdan, sila ay mga lango at mapapatay lamang sila ng mga Nephita.
- 19 Subalit masdan, hindi ito ang hangarin ni Moroni; hindi siya nagagalak sa pagpaslang at pagpapadanak ng dugo, kundi siya ay nagagalak sa pagliligtas ng kanyang mga tao mula sa pagkalipol; at sa dahilang ito siya ay hindi makagagawa ng labag sa katarungan, hindi niya sasalakayin ang mga Lamanita at lipulin sila sa kanilang kalanguan.
- 20 Subalit natamo niya ang kanyang mga hangarin; sapagkat nasandatahan niya yaong mga bihag na mga Nephita na nasa loob ng mga muog ng lunsod, at nakapagbigay sa kanila ng kapangyarihan na maangkin ang mga yaong bahaging nasa loob ng muog.
- 21 At pagkatapos kanyang iniutos sa mga tauhang kasama niya na umurong nang kaunti mula sa kanila, at paligiran ang mga hukbo ng mga Lamanita.
- 22 Ngayon masdan ito ay ginawa sa gabi, kung kaya't nang magising ang mga Lamanita kinaumagahan ay namasdan nilang napaliligiran sila ng mga Nephita sa labas, at na ang kanilang mga bihag ay nasasandatahan sa loob.
- 23 At sa gayon nakita nila na ang mga Nephita ay may kapangyarihan sa kanila; at sa katayuang ito'y nalaman nila na hindi kapaki-pakinabang na sila ay makipaglaban sa mga Nephita; anupa't hiningi ng kanilang mga punong kapitan ang kanilang mga sandata ng digmaan, at dinala nila ang mga ito at inihagis sa paanan ng mga Nephita, nang nagmamakaawa.
- 24 Ngayon masdan, ito ang nais ni Moroni. Dinakip niya sila bilang mga bihag ng digmaan, at inangkin ang lunsod, at nag-utos na ang lahat ng bihag na mga Nephita, ay palayain; at sila ay umanib sa hukbo ni Moroni, at naging malaking lakas sa kanyang hukbo.

Yea, even to their women, and all those of their children, as many as were able to use a weapon of war, when Moroni had armed all those prisoners; and all those things were done in a profound silence.

But had they awakened the Lamanites, behold they were drunken and the Nephites could have slain them.

But behold, this was not the desire of Moroni; he did not delight in murder or bloodshed, but he delighted in the saving of his people from destruction; and for this cause he might not bring upon him injustice, he would not fall upon the Lamanites and destroy them in their drunkenness.

But he had obtained his desires; for he had armed those prisoners of the Nephites who were within the wall of the city, and had given them power to gain possession of those parts which were within the walls.

And then he caused the men who were with him to withdraw a pace from them, and surround the armies of the Lamanites.

Now behold this was done in the night-time, so that when the Lamanites awoke in the morning they beheld that they were surrounded by the Nephites without, and that their prisoners were armed within.

And thus they saw that the Nephites had power over them; and in these circumstances they found that it was not expedient that they should fight with the Nephites; therefore their chief captains demanded their weapons of war, and they brought them forth and cast them at the feet of the Nephites, pleading for mercy.

Now behold, this was the desire of Moroni. He took them prisoners of war, and took possession of the city, and caused that all the prisoners should be liberated, who were Nephites; and they did join the army of Moroni, and were a great strength to his army.

25 At ito ay nangyari na, na iniutos niya sa mga Lamanita, na kanyang mga nadakip na bihag, na sila ay magsimula sa paggawa ng pagpapatibay ng mga muog sa paligid ng lunsod ng Gid.

26 At ito ay nangyari na, nang mapatibay niya ang lunsod ng Gid, alinsunod sa kanyang mga naisin, iniutos niyang dalhin ang kanyang mga bihag sa lunsod ng Masagana; at pinabantayan din niya ang lunsod na yaon sa napakalakas na hukbo.

27 At ito ay nangyari na, na ginawa nila, sa kabila ng lahat ng sapakatan ng mga Lamanita, na bantayan at tanuran ang lahat ng bihag na kanilang nadakip, at panatilihin din ang lahat ng kanilang nasasakupang lupain at ang kalamangang nabawi nila.

28 At ito ay nangyari na, na ang mga Nephita ay nagsimulang muling magtagumpay, at bawiin ang kanilang mga karapatan at kanilang mga pribilehiyo.

29 Maraming ulit na nangahas ang mga Lamanita na paligiran sila sa gabi, subalit sa mga pagtatangkang ito sila ay nawalan ng maraming bihag.

30 At maraming ulit nilang tinangkang bigyan ng kanilang mga alak ang mga Nephita, upang kanilang malipol sila sa pamamagitan ng lason o sa kalanguan.

31 Subalit masdan, ang mga Nephita ay hindi mabagal sa pag-alaala sa Panginoon nilang Diyos sa ngayong panahon ng kanilang paghihirap. Hindi sila mahuli sa kanilang mga bitag; oo, tumanggi silang inumin ang kanilang alak, maliban kung bigyan muna nila ang ilang bihag na mga Lamanita.

32 At sa gayon sila nag-ingat upang walang mapainom na lason sa kanila; sapagkat kung malalason ng kanilang alak ang isang Lamanita ay lalason din ito ng isang Nephita; at sa gayon nila sinubukan ang lahat ng kanilang alak.

33 At ngayon ito ay nangyari na, na kinakailangang gumawa si Moroni ng mga paghahanda upang salakayin ang lunsod ng Morianton; sapagkat masdan, ang mga Lamanita, sa pamamagitan ng kanilang mga paggawa, ay pinatibay ang lunsod ng Morianton hanggang sa ito ay maging napakalakas na muog.

34 At sila ay patuloy na nagpapadala ng mga karagdagang hukbo sa lunsod na yaon, at gayon din ng mga karagdagang panustos.

And it came to pass that he did cause the Lamanites, whom he had taken prisoners, that they should commence a labor in strengthening the fortifications round about the city Gid.

And it came to pass that when he had fortified the city Gid, according to his desires, he caused that his prisoners should be taken to the city Bountiful; and he also guarded that city with an exceedingly strong force.

And it came to pass that they did, notwithstanding all the intrigues of the Lamanites, keep and protect all the prisoners whom they had taken, and also maintain all the ground and the advantage which they had retaken.

And it came to pass that the Nephites began again to be victorious, and to reclaim their rights and their privileges.

Many times did the Lamanites attempt to encircle them about by night, but in these attempts they did lose many prisoners.

And many times did they attempt to administer of their wine to the Nephites, that they might destroy them with poison or with drunkenness.

But behold, the Nephites were not slow to remember the Lord their God in this their time of affliction. They could not be taken in their snares; yea, they would not partake of their wine, save they had first given to some of the Lamanite prisoners.

And they were thus cautious that no poison should be administered among them; for if their wine would poison a Lamanite it would also poison a Nephite; and thus they did try all their liquors.

And now it came to pass that it was expedient for Moroni to make preparations to attack the city Morianton; for behold, the Lamanites had, by their labors, fortified the city Morianton until it had become an exceeding stronghold.

And they were continually bringing new forces into that city, and also new supplies of provisions.



35 At sa gayon nagtapos ang ikadalawampu at siyam na taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.

And thus ended the twenty and ninth year of the reign of the judges over the people of Nephi.

## Alma 56

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, na sa pagsisimula ng ikatatlumpung taon ng panunungkulan ng mga hukom, sa ikalawang araw ng unang buwan, si Moroni ay nakatanggap ng liham mula kay Helaman, inilalahad ang mga pangyayari sa mga tao sa bahaging yaon ng lupain.
- 2 At ito ang mga salitang isinulat niya, sinasabing: Aking minamahal na kapatid, na Moroni, kapwa sa Panginoon at sa pagdurusa sa ating digmaan; masdan, mahal kong kapatid, ako ay may sasabihin sa iyo kahit paano hinggil sa aming pakikidigma sa dakong ito ng lupain.
- 3 Masdan, dalawang libo ng mga anak ng mga yaong taong inilabas ni Ammon mula sa lupain ng Nephi—ngayon nalalaman mo na sila ay mga inapo ni Laman, na siyang pinakamatandang anak ng ating amang si Lehi;
- 4 Ngayon hindi ko na kailangang ilahad pa sa iyo ang hinggil sa kanilang mga kaugalian o kanilang kawalang-paniniwala, sapagkat nalalaman mo ang hinggil sa lahat ng bagay na ito—
- 5 Anupa't sapat na sa akin ang sabihin ko sa iyo na dalawang libo ng mga yaong kabataang lalaking ito ang humawak ng kanilang mga sandata ng digmaan, at ninais na ako ang maging pinuno nila; at kami ay humayo upang ipagtanggol ang ating bayan.
- 6 At ngayon nalalaman mo rin ang hinggil sa tipang ginawa ng kanilang mga ama, na hindi sila hahawak ng kanilang mga sandata ng digmaan laban sa kanilang mga kapatid upang magpadanak ng dugo.
- 7 Subalit sa ikadalawampu at anim na taon, nang makita nila ang ating mga paghihirap at ating mga pagdurusa para sa kanila, sisirain na sana nila ang tipang ginawa nila at hahawak ng kanilang mga sandata ng digmaan upang ipagtanggol tayo.
- 8 Subalit hindi ko sila mapahihintulutan na kanilang sirain ang tipang ito na kanilang ginawa, inaakalang kami ay palalakasin ng Diyos, hanggang sa hindi na kami maghihirap pa dahil sa pagtupad sa sumpang ginawa nila.

## Alma 56

And now it came to pass in the commencement of the thirtieth year of the reign of the judges, on the second day in the first month, Moroni received an epistle from Helaman, stating the affairs of the people in that quarter of the land.

And these are the words which he wrote, saying: My dearly beloved brother, Moroni, as well in the Lord as in the tribulations of our warfare; behold, my beloved brother, I have somewhat to tell you concerning our warfare in this part of the land.

Behold, two thousand of the sons of those men whom Ammon brought down out of the land of Nephi—now ye have known that these were descendants of Laman, who was the eldest son of our father Lehi;

Now I need not rehearse unto you concerning their traditions or their unbelief, for thou knowest concerning all these things—

Therefore it sufficeth me that I tell you that two thousand of these young men have taken their weapons of war, and would that I should be their leader; and we have come forth to defend our country.

And now ye also know concerning the covenant which their fathers made, that they would not take up their weapons of war against their brethren to shed blood.

But in the twenty and sixth year, when they saw our afflictions and our tribulations for them, they were about to break the covenant which they had made and take up their weapons of war in our defence.

But I would not suffer them that they should break this covenant which they had made, supposing that God would strengthen us, insomuch that we should not suffer more because of the fulfilling the oath which they had taken.

- 9 Subalit masdan, narito ang isang bagay kung saan tayo ay maaaring magkaroon ng labis na kagalakan. Sapagkat masdan, sa ikadalawampu at anim na taon, ako, si Helaman, ay humayo sa unahan nitong dalawang libong kabataang lalaki patungo sa lunsod ng Judea, upang tulungan si Antipus, na siyang hinirang mong pinuno ng mga tao sa bahaging yaon ng lupain.
- 10 At sinamahan ko ang aking dalawang libong anak, (sapagkat sila ay karapat-dapat na tawaging mga anak) patungo sa hukbo ni Antipus, kung aling lakas ay labis na ikinasiya ni Antipus; sapagkat masdan, ang kanyang hukbo ay nabawasan ng mga Lamanita dahil sa nakapatay ang kanilang hukbo ng malaking bilang ng ating mga tauhan, kung aling pangyayari ay nararapat tayong magdalamhati.
- 11 Gayon pa man, maaaliw natin ang ating sarili sa bagay na ito, na sila ay namatay para sa kanilang bayan at sa kanilang Diyos, oo, at sila ay maliligaya.
- 12 At ang mga Lamanita ay nakapagpanatili rin ng maraming bihag, lahat sila ay mga punong kapitan, sapagkat wala nang iba silang pinatawad na mabuhay. At inaakala namin na sila ngayon sa mga oras na ito ay nasa lupain ng Nephi; gayon nga ito kung hindi sila napatay.
- 13 At ngayon, ito ang mga lunsod na naangkin ng mga Lamanita sa pamamagitan ng pagpapadanak ng dugo ng napakarami sa ating magigiting na tauhan:
- 14 Ang lupain ng Manti, o ang lunsod ng Manti, at ang lunsod ng Zisrom, at ang lunsod ng Cumeni, at ang lunsod ng Antipara.
- 15 At ito ang mga lunsod na naangkin nila nang ako ay makarating sa lunsod ng Judea; at natagpuan ko si Antipus at ang kanyang mga tauhan na gumagawa nang buong lakas upang patibayin ang lunsod.
- 16 Oo, at sila ay pinanghihinaan na ng katawan maging sa espiritu, sapagkat sila ay buong giting na nakikipaglaban sa araw at gumagawa sa gabi upang pangalagaan ang kanilang mga lunsod; at sa gayon sila nagdanas ng labis na paghihirap ng lahat ng uri.
- 17 At ngayon, sila ay nagtikang magwagi sa lugar na ito o mamatay; anupa't maaari mong akalain na itong maliit na hukbong dinala ko, oo, yaong mga anak ko, ay nagbigay sa kanila ng malaking pag-asa at labis na kagalakan.

But behold, here is one thing in which we may have great joy. For behold, in the twenty and sixth year, I, Helaman, did march at the head of these two thousand young men to the city of Judea, to assist Antipus, whom ye had appointed a leader over the people of that part of the land.

And I did join my two thousand sons, (for they are worthy to be called sons) to the army of Antipus, in which strength Antipus did rejoice exceedingly; for behold, his army had been reduced by the Lamanites because their forces had slain a vast number of our men, for which cause we have to mourn.

Nevertheless, we may console ourselves in this point, that they have died in the cause of their country and of their God, yea, and they are happy.

And the Lamanites had also retained many prisoners, all of whom are chief captains, for none other have they spared alive. And we suppose that they are now at this time in the land of Nephi; it is so if they are not slain.

And now these are the cities of which the Lamanites have obtained possession by the shedding of the blood of so many of our valiant men:

The land of Manti, or the city of Manti, and the city of Zeezrom, and the city of Cumeni, and the city of Antiparah.

And these are the cities which they possessed when I arrived at the city of Judea; and I found Antipus and his men toiling with their might to fortify the city.

Yea, and they were depressed in body as well as in spirit, for they had fought valiantly by day and toiled by night to maintain their cities; and thus they had suffered great afflictions of every kind.

And now they were determined to conquer in this place or die; therefore you may well suppose that this little force which I brought with me, yea, those sons of mine, gave them great hopes and much joy.

- 18 At ngayon ito ay nangyari na, nang makita ng mga Lamanita na si Antipus ay nakatanggap ng karagdagang lakas sa kanyang hukbo, sila ay napilitan sa mga utos ni Amoron na huwag sumalakay sa lunsod ng Judea, o lumaban sa amin, upang makidigma.
- 19 At sa gayon kami pinagpala ng Panginoon; sapagkat kung sila ay sumalakay sa amin sa kahinaan naming ito na maaari na sana nilang malipol ang aming maliit na hukbo; subalit sa gayon kami pinangalagaan.
- 20 Sila ay inutusan ni Amoron na pangalagaan ang mga yaong lunsod na nasakop nila. At sa gayon nagtapos ang ikadalawampu at anim na taon. At sa pagsisimula ng ikadalawampu at pitong taon ay naihanda na namin ang ating lunsod at aming sarili sa pagtatanggol.
- 21 Ngayon, kami ay nagnanais na salakayin kami ng mga Lamanita; sapagkat hindi namin nais na salakayin sila sa kanilang mga muog.
- 22 At ito ay nangyari na, na kami ay naglagay ng mga tiktik sa paligid, upang bantayan ang mga galaw ng mga Lamanita, upang hindi nila kami malampasan sa gabi ni sa araw upang makasalakay sa iba nating mga lunsod na nasa kahilagaan.
- 23 Sapagkat nalalaman namin na sa mga lunsod na yaon ay hindi sapat ang kanilang lakas upang harapin sila; kaya nga, kami ay nagnais, kung kanilang lalampasan kami, na salakayin sila sa kanilang likuran, at sa gayon sila salakayin sa likuran at sa gayon ding oras ay makasagupa sila sa harapan. Inaakala naming magagapi namin sila; subalit masdan, kami ay nabigo sa aming naising ito.
- 24 Sila ay hindi nagtangkang lampasan kami ng kanilang buong hukbo, ni isang bahagi nila, at baka hindi sapat ang kanilang lakas at sila ay bumagsak.
- 25 Ni sila ay nagtangkang humayo laban sa lunsod ng Zarahemla; ni sila ay nagtangkang tawirin ang bukal ng Sidon, patungo sa lunsod ng Nefihah.
- 26 At sa gayon, sa pamamagitan ng kanilang mga hukbo, sila ay nagtikang pangalagaan ang mga lunsod na yaon na kanilang nasakop.

And now it came to pass that when the Lamanites saw that Antipus had received a greater strength to his army, they were compelled by the orders of Amoron to not come against the city of Judea, or against us, to battle.

And thus were we favored of the Lord; for had they come upon us in this our weakness they might have perhaps destroyed our little army; but thus were we preserved.

They were commanded by Amoron to maintain those cities which they had taken. And thus ended the twenty and sixth year. And in the commencement of the twenty and seventh year we had prepared our city and ourselves for defence.

Now we were desirous that the Lamanites should come upon us; for we were not desirous to make an attack upon them in their strongholds.

And it came to pass that we kept spies out round about, to watch the movements of the Lamanites, that they might not pass us by night nor by day to make an attack upon our other cities which were on the northward.

For we knew in those cities they were not sufficiently strong to meet them; therefore we were desirous, if they should pass by us, to fall upon them in their rear, and thus bring them up in the rear at the same time they were met in the front. We supposed that we could overpower them; but behold, we were disappointed in this our desire.

They durst not pass by us with their whole army, neither durst they with a part, lest they should not be sufficiently strong and they should fall.

Neither durst they march down against the city of Zarahemla; neither durst they cross the head of Sidon, over to the city of Nefihah.

And thus, with their forces, they were determined to maintain those cities which they had taken.

27 At ngayon ito ay nangyari na, na sa ikalawang buwan ng taong ito, may dinala sa aming maraming pagkain mula sa mga ama ng yaong aking dalawang libong anak.

28 At may ipinadala ring dalawang libong tauhan sa amin mula sa lupain ng Zarahemla. At sa gayon kami nakahanda nang may sampung libong tauhan, at mga pagkain para sa kanila, at para rin sa kanilang mga asawa at kanilang mga anak.

29 At ang mga Lamanita, dahil sa nakikitang dumarami ang aming mga hukbo sa araw-araw, at dumarating ang mga pagkain para sa aming panustos, nagsimula silang matakot, at nagsimulang biglaang sumasalakay, na kung maaari ay wakasan ang pagtanggap namin ng mga pagkain at lakas.

30 Ngayon, nang makita namin na ang mga Lamanita ay nagsimulang maging balisa sa paraang ito, nagnais kaming gumawa ng pakana sa kanila; anupa't si Antipus ay nag-utos na humayo ako kasama ang maliliit na anak ko patungo sa kalapit na lunsod, na tila bagang kami ay nagdadala ng mga pagkain para sa kalapit na lunsod.

31 At pinahayo kami sa malapit sa lunsod ng Antipara, na tila bagang magtutungo kami sa kasunod na lunsod, sa mga hangganan sa may dalampasigan.

32 At ito ay nangyari na, na kami ay humayo, na tila bagang may mga pagkain, upang magtungo sa lunsod na yaon.

33 At ito ay nangyari na, na si Antipus ay humayo kasama ang bahagi ng kanyang hukbo, iniwanan ang nalalabi upang pangalagaan ang lunsod. Subalit hindi siya humayo hangga't nakahayo na ako kasama ang maliit kong hukbo, at nakalapit sa lunsod ng Antipara.

34 At ngayon, sa lunsod ng Antipara nakahimpil ang pinakamalakas na hukbo ng mga Lamanita; oo, ang pinakamarami.

35 At ito ay nangyari na, nang maipaalam ito sa kanila ng kanilang mga tiktik, sila ay lumabas kasama ang kanilang hukbo at humayo laban sa amin.

And now it came to pass in the second month of this year, there was brought unto us many provisions from the fathers of those my two thousand sons.

And also there were sent two thousand men unto us from the land of Zarahemla. And thus we were prepared with ten thousand men, and provisions for them, and also for their wives and their children.

And the Lamanites, thus seeing our forces increase daily, and provisions arrive for our support, they began to be fearful, and began to sally forth, if it were possible to put an end to our receiving provisions and strength.

Now when we saw that the Lamanites began to grow uneasy on this wise, we were desirous to bring a stratagem into effect upon them; therefore Antipus ordered that I should march forth with my little sons to a neighboring city, as if we were carrying provisions to a neighboring city.

And we were to march near the city of Antiparah, as if we were going to the city beyond, in the borders by the seashore.

And it came to pass that we did march forth, as if with our provisions, to go to that city.

And it came to pass that Antipus did march forth with a part of his army, leaving the remainder to maintain the city. But he did not march forth until I had gone forth with my little army, and came near the city Antiparah.

And now, in the city Antiparah were stationed the strongest army of the Lamanites; yea, the most numerous.

And it came to pass that when they had been informed by their spies, they came forth with their army and marched against us.

36 At ito ay nangyari na, na kami ay nagsitakas sa harapan nila, pahilaga. At sa gayon namin naakay palayo ang pinakamalakas na hukbo ng mga Lamanita;

37 Oo, nang may kalayuan, kung kaya't nang makita nila ang hukbo ni Antipus na tumutugis sa kanila, nang kanilang buong lakas, na hindi sila lumiko sa kanan ni sa kaliwa, kundi ipinagpatuloy ang kanilang paghayo sa tuwid na landas sa pagtugis sa amin; at, tulad ng inaakala namin, kanilang layuning mapatay kami bago sila maunahan ni Antipus, at ito ay upang hindi sila mapaligiran ng aming mga tao.

38 At ngayon si Antipus, namamalas ang aming panganib, ay pinabilis ang paghayo ng kanyang hukbo. Subalit masdan, gabi na; kaya nga, kami ay hindi nila naunahan, ni hindi sila naunahan ni Antipus; anupa't nanguta kami para sa gabi.

39 At ito ay nangyari na, na bago sumapit ang pagsikat ng umaga, masdan, ang mga Lamanita ay tinutugis kami. Ngayon hindi sapat ang aming lakas upang makipaglaban sa kanila; oo, hindi ko mapahihintulutan na ang aking maliliit na anak ay bumagsak sa kanilang mga kamay; kaya nga ipinagpatuloy namin ang aming paglalakbay, at ginawa namin ang aming paglalakbay sa ilang.

40 Ngayon hindi sila nagtangkang lumiko sa kanan ni sa kaliwa at baka sila mapaligiran; ni hindi rin ako lumiko sa kanan ni sa kaliwa at baka maabutan nila ako, at hindi namin kayang humarap sa kanila, kundi mapatay, at gagawin nila ang kanilang pagtakas; at sa gayon kami tumakas sa buong maghapon sa ilang, maging hanggang sa magdilim.

41 At ito ay nangyari na, na muli, nang sumapit ang liwanag ng umaga ay nakita namin ang mga Lamanita na sumasalakay sa amin, at kami ay nagsitakas mula sa kanilang harapan.

42 Subalit ito ay nangyari na, na hindi nagtagal ang kanilang pagtugis sa amin nang tumigil sila; at ito ay sa umaga ng ikatlong araw ng ikapitong buwan.

43 At ngayon, kung naabutan man sila ni Antipus ay hindi namin nalalaman, subalit sinabi ko sa mga tauhan ko: Masdan, hindi natin nalalaman na baka tumigil sila sa layuning tayo ang sumalakay sa kanila, upang kanilang mahuli tayo sa kanilang bitag;

And it came to pass that we did flee before them, northward. And thus we did lead away the most powerful army of the Lamanites;

Yea, even to a considerable distance, insomuch that when they saw the army of Antipus pursuing them, with their might, they did not turn to the right nor to the left, but pursued their march in a straight course after us; and, as we suppose, it was their intent to slay us before Antipus should overtake them, and this that they might not be surrounded by our people.

And now Antipus, beholding our danger, did speed the march of his army. But behold, it was night; therefore they did not overtake us, neither did Antipus overtake them; therefore we did camp for the night.

And it came to pass that before the dawn of the morning, behold, the Lamanites were pursuing us. Now we were not sufficiently strong to contend with them; yea, I would not suffer that my little sons should fall into their hands; therefore we did continue our march, and we took our march into the wilderness.

Now they durst not turn to the right nor to the left lest they should be surrounded; neither would I turn to the right nor to the left lest they should overtake me, and we could not stand against them, but be slain, and they would make their escape; and thus we did flee all that day into the wilderness, even until it was dark.

And it came to pass that again, when the light of the morning came we saw the Lamanites upon us, and we did flee before them.

But it came to pass that they did not pursue us far before they halted; and it was in the morning of the third day of the seventh month.

And now, whether they were overtaken by Antipus we knew not, but I said unto my men: Behold, we know not but they have halted for the purpose that we should come against them, that they might catch us in their snare;

44 Kaya nga, ano ang masasabi ninyo, aking mga anak, haharapin ba ninyo sila upang makidigma?

45 At ngayon sinasabi ko sa iyo, mahal kong kapatid na Moroni, na hindi pa ako nakakikita ng labis na katapangan, hindi pa, ni sa lahat ng Nephita.

46 Sapagkat tulad ng pagtawag ko sa kanila na aking mga anak (sapagkat silang lahat ay labis na napakabata pa) gayon man sinabi nila sa akin: Ama, masdan, kasama natin ang ating Diyos, at hindi niya pahihintulutang bumagsak tayo; samakatwid, tayo ay humayo; hindi natin papatayin ang ating mga kapatid kung kanilang hahayaan tayo; samakatwid, halina't tayo ay humayo, at baka magapi nila ang hukbo ni Antipus.

47 Ngayon hindi pa sila nakikipaglaban, gayon pa man sila ay hindi natakot sa kamatayan; at mas inisip pa nila ang kalayaan ng kanilang mga ama kaysa sa kanilang sariling mga buhay; oo, sila ay tinuruan ng kanilang mga ina, na kung hindi sila mag-aalinlangan, sila ay ililigtas ng Diyos.

48 At inilahad nila sa akin ang mga salita ng kanilang mga ina, sinasabing: Hindi kami nag-aalinlangan, nalalaman ito ng aming mga ina.

49 At ito ay nangyari na, na ako ay bumalik kasama ang aking dalawang libo laban sa mga Lamanita na ito na tumutugis sa amin. At ngayon masdan, ang mga hukbo ni Antipus ay naabutan sila, at nagsimula ang isang kakila-kilabot na digmaan.

50 Ang hukbo ni Antipus na mga pagod dahil sa kanilang mahabang paglalakbay sa napakaikling panahon, ay magsisibagsak na sana sa mga kamay ng mga Lamanita; at kung hindi ako bumalik na kasama ang aking dalawang libo ay makakamtan na sana nila ang kanilang layunin.

51 Sapagkat si Antipus ay bumagsak sa pamamagitan ng espada, at marami sa kanyang mga pinuno, dahil sa kanilang kapaguran, na sanhi ng bilis ng kanilang paghayo—kaya nga, ang mga tauhan ni Antipus, na nalilito dahil sa pagbagsak ng kanilang mga pinuno, ay nagsimulang magbigay-daan sa harapan ng mga Lamanita.

Therefore what say ye, my sons, will ye go against them to battle?

And now I say unto you, my beloved brother Moroni, that never had I seen so great courage, nay, not amongst all the Nephites.

For as I had ever called them my sons (for they were all of them very young) even so they said unto me: Father, behold our God is with us, and he will not suffer that we should fall; then let us go forth; we would not slay our brethren if they would let us alone; therefore let us go, lest they should overpower the army of Antipus.

Now they never had fought, yet they did not fear death; and they did think more upon the liberty of their fathers than they did upon their lives; yea, they had been taught by their mothers, that if they did not doubt, God would deliver them.

And they rehearsed unto me the words of their mothers, saying: We do not doubt our mothers knew it.

And it came to pass that I did return with my two thousand against these Lamanites who had pursued us. And now behold, the armies of Antipus had overtaken them, and a terrible battle had commenced.

The army of Antipus being weary, because of their long march in so short a space of time, were about to fall into the hands of the Lamanites; and had I not returned with my two thousand they would have obtained their purpose.

For Antipus had fallen by the sword, and many of his leaders, because of their weariness, which was occasioned by the speed of their march—therefore the men of Antipus, being confused because of the fall of their leaders, began to give way before the Lamanites.

52 At ito ay nangyari na, na ang mga Lamanita ay nagkalakas-loob, at nagsimulang tugisin sila; at sa gayon sila tinutugis ng mga Lamanita nang may labis na pagsusumigasig nang si Helaman ay dumating sa kanilang likuran kasama ang kanyang dalawang libo, at nagsimula silang labis na pagpapatayin, hanggang sa ang buong hukbo ng mga Lamanita ay tumigil at bumaling kay Helaman.

53 Ngayon, nang makita ng mga tao ni Antipus na nagsitalikod ang mga Lamanita, sama-samang tinipon nila ang kanilang mga tauhan at muling sumalakay sa likuran ng mga Lamanita.

54 At ngayon ito ay nangyari na, na kami, ang mga tao ni Nephi, ang mga tao ni Antipus, at ako kasama ang aking dalawang libo, ay pinaligiran ang mga Lamanita, at pinagpapatay sila; oo, hanggang sa sila ay napilitang isuko ang kanilang mga sandata ng digmaan at gayon din ang kanilang sarili bilang mga bihag ng digmaan.

55 At ngayon ito ay nangyari na, nang isuko nila ang kanilang sarili sa amin, masdan, binilang ko ang mga yaong kabataan na kasama kong nakipaglaban, nangangambang baka marami sa kanila ang napatay.

56 Subalit masdan, sa aking labis na kagalakan, wala ni isang katao sa kanila ang bumagsak sa lupa; oo, at sila ay nakipaglaban na tila bagang may lakas ng Diyos; oo, wala pang nalalamang nakipaglaban ang mga tao nang may gayong kahiwagang lakas; at lakip ang gayong makapangyarihang lakas nang sinalakay nila ang mga Lamanita, kung kaya't kanilang natakot sila; at dahil dito isinuko ng mga Lamanita ang kanilang sarili bilang mga bihag ng digmaan.

57 At dahil sa wala kaming paglalagyan para sa mga bihag namin, nang mabantayan namin sila upang matanuran namin sila mula sa mga hukbo ng mga Lamanita, kaya nga ipinadala namin sila sa lupain ng Zarahemla, at isang bahagi ng mga yaong tauhan ni Antipus na hindi napatay, na kasama nila; at ang nalalabi ay isinama ko at inianib sila sa aking kabataang mga Ammonita, at sinimulan ang aming paglalakbay pabalik sa lunsod ng Judea.

And it came to pass that the Lamanites took courage, and began to pursue them; and thus were the Lamanites pursuing them with great vigor when Helaman came upon their rear with his two thousand, and began to slay them exceedingly, insomuch that the whole army of the Lamanites halted and turned upon Helaman.

Now when the people of Antipus saw that the Lamanites had turned them about, they gathered together their men and came again upon the rear of the Lamanites.

And now it came to pass that we, the people of Nephi, the people of Antipus, and I with my two thousand, did surround the Lamanites, and did slay them; yea, insomuch that they were compelled to deliver up their weapons of war and also themselves as prisoners of war.

And now it came to pass that when they had surrendered themselves up unto us, behold, I numbered those young men who had fought with me, fearing lest there were many of them slain.

But behold, to my great joy, there had not one soul of them fallen to the earth; yea, and they had fought as if with the strength of God; yea, never were men known to have fought with such miraculous strength; and with such mighty power did they fall upon the Lamanites, that they did frighten them; and for this cause did the Lamanites deliver themselves up as prisoners of war.

And as we had no place for our prisoners, that we could guard them to keep them from the armies of the Lamanites, therefore we sent them to the land of Zarahemla, and a part of those men who were not slain of Antipus, with them; and the remainder I took and joined them to my stripling Ammonites, and took our march back to the city of Judea.



## Alma 57

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, na ako ay nakatanggap ng liham mula kay Amoron, ang hari, nagsasabi na kung ibibigay ko ang mga yaong bihag ng digmaan na nadakip namin ay ibibigay niya ang lunsod ng Antipara sa amin.
- 2 Subalit ako ay nagpadala ng liham sa hari, na kami ay nakatitiyak na sapat ang aming mga hukbo upang makuha ang lunsod ng Antipara sa pamamagitan ng aming lakas; at ang pagbibigay ng mga bihag para sa lunsod na yaon ay inaakala naming magiging kamangmangan para sa amin, at ibibigay lamang namin ang aming mga bihag sa pakikipagpalitan.
- 3 At tinanggihan ni Amoron ang aking liham, sapagkat tumanggi siyang makipagpalitan ng mga bihag; kaya nga, kami ay nagsimulang gumawa ng mga paghahanda upang salakayin ang lunsod ng Antipara.
- 4 Subalit iniwanan ng mga tao ng Antipara ang lunsod, at nagsitakas sa iba pa nilang mga lunsod, na kanilang nasakop upang patibayin ang mga ito; at sa gayon ang lunsod ng Antipara ay nahulog sa aming mga kamay.
- 5 At sa gayon nagtapos ang ikadalawampu at walong taon ng panunungkulan ng mga hukom.
- 6 At ito ay nangyari na, na sa pagsisimula ng ikadalawampu at siyam na taon, kami ay nakatanggap ng panustos na mga pagkain, at ng karagdagan din sa aming hukbo, mula sa lupain ng Zarahemla, at mula sa lupain sa paligid, sa bilang na anim na libong tauhan, bukod pa sa animnapu sa mga anak na lalaki ng mga Ammonita na dumating upang umanib sa kanilang mga kapatid, ang aking maliit na pangkat na dalawang libo. At ngayon masdan, kami ay malakas, oo, at marami rin kaming pagkain na dinala sa amin.
- 7 At ito ay nangyari na, na ninais naming makidigma sa hukbong inihimpil upang ipagtanggol ang lunsod ng Cumeni.

## Alma 57

And now it came to pass that I received an epistle from Ammoron, the king, stating that if I would deliver up those prisoners of war whom we had taken that he would deliver up the city of Antiparah unto us.

But I sent an epistle unto the king, that we were sure our forces were sufficient to take the city of Antiparah by our force; and by delivering up the prisoners for that city we should suppose ourselves unwise, and that we would only deliver up our prisoners on exchange.

And Ammoron refused mine epistle, for he would not exchange prisoners; therefore we began to make preparations to go against the city of Antiparah.

But the people of Antiparah did leave the city, and fled to their other cities, which they had possession of, to fortify them; and thus the city of Antiparah fell into our hands.

And thus ended the twenty and eighth year of the reign of the judges.

And it came to pass that in the commencement of the twenty and ninth year, we received a supply of provisions, and also an addition to our army, from the land of Zarahemla, and from the land round about, to the number of six thousand men, besides sixty of the sons of the Ammonites who had come to join their brethren, my little band of two thousand. And now behold, we were strong, yea, and we had also plenty of provisions brought unto us.

And it came to pass that it was our desire to wage a battle with the army which was placed to protect the city Cumeni.

8 At ngayon masdan, ipakikita ko sa iyo na di naglao'y nakamit din namin ang aming naisin; oo, sa pamamagitan ng aming malakas na hukbo, o ng isang bahagi ng aming malakas na hukbo, ay pinaligiran namin, sa gabi, ang lunsod ng Cumeni, ilang sandali bago sila tumanggap ng panustos na pagkain.

9 At ito ay nangyari na, na kami ay nagkuta sa paligid ng lunsod sa loob ng maraming gabi; subalit kami ay natulog sa aming mga espada, at nagtalaga ng mga bantay, upang hindi makasalakay ang mga Lamanita sa amin sa gabi at pagpapatayin kami, na maraming ulit na nilang tinangka; subalit sa maraming ulit nilang pagtatangkang ito ay umagos ang kanilang dugo.

10 At nang maglaon, ang kanilang mga pagkain ay dumating, at papasok na sana sila sa lunsod sa gabi. At kami, sa halip na mga Lamanita, ay mga Nephita; anupa't nadakip namin sila at kinuha ang kanilang mga pagkain.

11 At bagaman natambangan ang mga Lamanita sa kanilang panustos sa ganitong pamamaraan, nagtika pa rin silang pangalagaan ang lunsod; kaya nga kinailangang kunin namin ang mga pagkaing yaon at ipadala ito sa Judea, at ang aming mga bihag sa lupain ng Zarahemla.

12 At ito ay nangyari na, na hindi pa lumilipas ang maraming araw bago ang mga Lamanita ay nagsimulang mawalan ng pag-asang matulungan; anupa't isinuko nila ang lunsod sa aming mga kamay; at sa gayon namin natupad ang aming mga layunin na mapasaamin ang lunsod ng Cumeni.

13 Subalit ito ay nangyari na, na ang aming mga bihag ay napakarami na, sa kabila ng kalakihan ng aming bilang, kami ay napilitang gamitin ang lahat ng aming hukbo upang bantayan sila, o patayin sila.

14 Sapagkat masdan, sila ay magsisitakas nang maramihan, at makikipaglaban sa pamamagitan ng mga bato, at ng mga pamalo, o kahit anong bagay na mahahawakan nila ng kanilang mga kamay, hanggang sa kami ay nakapatay nang mahigit sa dalawang libo sa kanila matapos nilang isuko ang sarili bilang mga bihag ng digmaan.

And now behold, I will show unto you that we soon accomplished our desire; yea, with our strong force, or with a part of our strong force, we did surround, by night, the city Cumeni, a little before they were to receive a supply of provisions.

And it came to pass that we did camp round about the city for many nights; but we did sleep upon our swords, and keep guards, that the Lamanites could not come upon us by night and slay us, which they attempted many times; but as many times as they attempted this their blood was spilt.

At length their provisions did arrive, and they were about to enter the city by night. And we, instead of being Lamanites, were Nephites; therefore, we did take them and their provisions.

And notwithstanding the Lamanites being cut off from their support after this manner, they were still determined to maintain the city; therefore it became expedient that we should take those provisions and send them to Judea, and our prisoners to the land of Zarahemla.

And it came to pass that not many days had passed away before the Lamanites began to lose all hopes of succor; therefore they yielded up the city unto our hands; and thus we had accomplished our designs in obtaining the city Cumeni.

But it came to pass that our prisoners were so numerous that, notwithstanding the enormity of our numbers, we were obliged to employ all our force to keep them, or to put them to death.

For behold, they would break out in great numbers, and would fight with stones, and with clubs, or whatsoever thing they could get into their hands, in-somuch that we did slay upwards of two thousand of them after they had surrendered themselves prisoners of war.

- 15 Anupa't kinakailangan para sa amin, na wakasan namin ang kanilang mga buhay, o bantayan sila, hawak-hawak ang espada, patungo sa lupain ng Zarahemla; at gayon din, ang mga pagkain namin ay hindi na sapat para sa aming sariling mga tao, sa kabila ng mga yaong nakuha namin mula sa mga Lamanita.
- 16 At ngayon, sa maseselang kalagayang yaon, naging napakaselang bagay na pag-isipan ang hinggil sa mga bihag ng digmaang ito; gayon pa man, napagkaisahan naming ipadala sila sa lupain ng Zarahemla; kaya nga, kami ay pumili ng ilan sa aming mga tauhan, at binigyang-tagubilin sila sa mga bihag namin upang makababa patungo sa lupain ng Zarahemla.
- 17 Subalit ito ay nangyari na, na kinabukasan sila ay bumalik. At ngayon masdan, hindi namin sila tinanong hinggil sa mga bihag; sapagkat masdan, kami ay sinasalakay ng mga Lamanita, at sila ay nakabalik sa tamang oras upang mailigtas kami mula sa pagbagsak sa mga kamay nila. Sapagkat masdan, si Amoron ay nagpadala sa kanila ng karagdagang panustos na mga pagkain at gayon din ng malaking hukbo ng kalalakihan.
- 18 At ito ay nangyari na, na ang mga yaong tauhang ipinadala namin kasama ang mga bihag ay nakarating sa tamang oras upang mapipilan sila, nang madadaig na sana nila kami.
- 19 Subalit masdan, ang aking maliit na pangkat ng dalawang libo at animnapu ay lumaban nang buong bagsik; oo, sila ay matatag sa harapan ng mga Lamanita, at nagbigay ng kamatayan sa lahat ng yaong lumaban sa kanila.
- 20 At habang ang nalalabi sa aming hukbo ay magbibigay-daan na sana sa mga Lamanita, masdan, ang dalawang libo at animnapung yaon ay nanatiling matatag at hindi umuurong.
- 21 Oo, at sinunod nila at tinupad gawin ang bawat salita ng pag-uutos nang may kahustuhan; oo, at maging alinsunod sa kanilang pananampalataya ay nangyari sa kanila; at natatandaan ko ang mga salitang sinabi nila sa akin na sila ay tinuruan ng kanilang mga ina.

Therefore it became expedient for us, that we should put an end to their lives, or guard them, sword in hand, down to the land of Zarahemla; and also our provisions were not any more than sufficient for our own people, notwithstanding that which we had taken from the Lamanites.

And now, in those critical circumstances, it became a very serious matter to determine concerning these prisoners of war; nevertheless, we did resolve to send them down to the land of Zarahemla; therefore we selected a part of our men, and gave them charge over our prisoners to go down to the land of Zarahemla.

But it came to pass that on the morrow they did return. And now behold, we did not inquire of them concerning the prisoners; for behold, the Lamanites were upon us, and they returned in season to save us from falling into their hands. For behold, Amoron had sent to their support a new supply of provisions and also a numerous army of men.

And it came to pass that those men whom we sent with the prisoners did arrive in season to check them, as they were about to overpower us.

But behold, my little band of two thousand and sixty fought most desperately; yea, they were firm before the Lamanites, and did administer death unto all those who opposed them.

And as the remainder of our army were about to give way before the Lamanites, behold, those two thousand and sixty were firm and undaunted.

Yea, and they did obey and observe to perform every word of command with exactness; yea, and even according to their faith it was done unto them; and I did remember the words which they said unto me that their mothers had taught them.

- 22 At ngayon masdan, ang aking mga anak na ito, at ang mga yaong tauhang napili na dalhin ang mga bihag, ang siyang pinagkakautangan namin nitong malaking pagtatagumpay; sapagkat sila ang yaong gumapi sa mga Lamanita; anupa't naitaboy silang pabalik sa lunsod ng Manti.
- 23 At napanatili namin ang ating lunsod ng Cumeni, at hindi nalipol na lahat sa pamamagitan ng espada; gayon pa man, kami ay nagdanas ng malaking kawalan.
- 24 At ito ay nangyari na, na matapos magsitakas ang mga Lamanita, mabilis akong nagbigay ng mga utos na ang aking mga tauhang nasugatan ay kunin at ihiwalay sa mga patay, at iniutos na ang kanilang mga sugat ay gamutin.
- 25 At ito ay nangyari na, na may dalawang daan, mula sa aking dalawang libo at animnapu, ang nawalan ng malay-tao dahil sa kawalan ng dugo; gayon pa man, alinsunod sa kabutihan ng Diyos, at sa aming labis na panggigilalas, at sa kagalakan din ng aming buong hukbo, wala ni isa mang katao sa kanila ang nasawi; oo, at wala ni isang katao sa kanila ang nakatanggap ng maraming sugat.
- 26 At ngayon, ang pagkakaligtas nila ay kagila-gilalas sa aming buong hukbo, oo, na sila ay maligtas samantalang may isanlibo sa aming mga kapatid ang napatay. At makatwirang ipalagay namin ito sa mahimalang kapangyarihan ng Diyos, dahil sa kanilang labis na pananampalataya sa yaong itinuro sa kanila na paniwalaan—na may makatarungang Diyos, at sinuman ang hindi mag-aalinlangan, sila ay pangangalagaan ng kanyang kagila-gilalas na kapangyarihan.
- 27 Ngayon, ito ang pananampalataya nila na mga tinutukoy ko; sila ay mga bata, at ang kanilang mga pag-iisip ay di matinag, at patuloy nilang ibinibigay ang kanilang tiwala sa Diyos.
- 28 At ngayon ito ay nangyari na, na matapos naming alagaan ang aming mga sugatang tauhan, at nailibing ang aming mga patay at gayon din ang mga patay ng mga Lamanita, na marami, masdan, tinanong namin si Gid hinggil sa mga bihag na kanilang sinimulang ibaba sa lupain ng Zarahemla.
- 29 Ngayon, si Gid ang punong kapitan ng pangkat na hinirang upang bantayan sila patungo sa lupain.

And now behold, it was these my sons, and those men who had been selected to convey the prisoners, to whom we owe this great victory; for it was they who did beat the Lamanites; therefore they were driven back to the city of Manti.

And we retained our city Cumeni, and were not all destroyed by the sword; nevertheless, we had suffered great loss.

And it came to pass that after the Lamanites had fled, I immediately gave orders that my men who had been wounded should be taken from among the dead, and caused that their wounds should be dressed.

And it came to pass that there were two hundred, out of my two thousand and sixty, who had fainted because of the loss of blood; nevertheless, according to the goodness of God, and to our great astonishment, and also the joy of our whole army, there was not one soul of them who did perish; yea, and neither was there one soul among them who had not received many wounds.

And now, their preservation was astonishing to our whole army, yea, that they should be spared while there was a thousand of our brethren who were slain. And we do justly ascribe it to the miraculous power of God, because of their exceeding faith in that which they had been taught to believe—that there was a just God, and whosoever did not doubt, that they should be preserved by his marvelous power.

Now this was the faith of these of whom I have spoken; they are young, and their minds are firm, and they do put their trust in God continually.

And now it came to pass that after we had thus taken care of our wounded men, and had buried our dead and also the dead of the Lamanites, who were many, behold, we did inquire of Gid concerning the prisoners whom they had started to go down to the land of Zarahemla with.

Now Gid was the chief captain over the band who was appointed to guard them down to the land.

- 30 At ngayon, ito ang mga salitang sinabi ni Gid sa akin: Masdan, nagsimula kaming bumaba patungo sa lupain ng Zarahemla kasama ang aming mga bihag. At ito ay nangyari na, na nakaharap namin ang mga tiktik ng ating mga hukbo, na mga isinugo upang bantayan ang kuta ng mga Lamanita.
- 31 At nagsisigaw sila sa amin, sinasabing—Masdan, ang mga hukbo ng mga Lamanita ay humahayo patungo sa lunsod ng Cumeni; at masdan, kanilang sasalakayin sila, oo, at lilipulin ang ating mga tao.
- 32 At ito ay nangyari na, na narinig ng aming mga bihag ang kanilang mga sigaw, na nagpalakas ng kanilang loob; at sila ay nagsipag-aklas sa paghihimagsik laban sa amin.
- 33 At ito ay nangyari na, na dahil sa kanilang paghihimagsik ay pinapangyari namin na ang aming mga espada ay sumayad sa kanila. At ito ay nangyari na, na sabay-sabay nilang sinalubong ang aming mga espada, kung saan ang malaking bilang sa kanila ay napatay; at ang nalabi sa kanila ay nagpanakbuhan at nagsitakas mula sa amin.
- 34 At masdan, nang sila ay magsitakas at hindi namin sila naabutan, ay mabilis kaming nagtungo sa lunsod ng Cumeni; at masdan, tamang-tama ang pagdating namin upang matulungan namin ang ating mga kapatid sa pangangalaga sa lunsod.
- 35 At masdan, muli tayong naligtas mula sa mga kamay ng ating mga kaaway. At purihin ang pangalan ng ating Diyos; sapagkat masdan, siya ang nagligtas sa atin; oo, ang gumawa ng dakilang bagay na ito para sa atin.
- 36 Ngayon ito ay nangyari na, nang marinig ko, si Helaman, ang mga salitang ito ni Gid, ako ay napuspos ng kagalakan dahil sa kabutihan ng Diyos sa pangangalaga sa atin, upang hindi tayo masawing lahat; oo, at nagtitiwala ako na ang mga kaluluwa nila na mga napatay ay pumasok na sa kapahingahan ng kanilang Diyos.

And now, these are the words which Gid said unto me: Behold, we did start to go down to the land of Zarahemla with our prisoners. And it came to pass that we did meet the spies of our armies, who had been sent out to watch the camp of the Lamanites.

And they cried unto us, saying—Behold, the armies of the Lamanites are marching towards the city of Cumeni; and behold, they will fall upon them, yea, and will destroy our people.

And it came to pass that our prisoners did hear their cries, which caused them to take courage; and they did rise up in rebellion against us.

And it came to pass because of their rebellion we did cause that our swords should come upon them. And it came to pass that they did in a body run upon our swords, in the which, the greater number of them were slain; and the remainder of them broke through and fled from us.

And behold, when they had fled and we could not overtake them, we took our march with speed towards the city Cumeni; and behold, we did arrive in time that we might assist our brethren in preserving the city.

And behold, we are again delivered out of the hands of our enemies. And blessed is the name of our God; for behold, it is he that has delivered us; yea, that has done this great thing for us.

Now it came to pass that when I, Helaman, had heard these words of Gid, I was filled with exceeding joy because of the goodness of God in preserving us, that we might not all perish; yea, and I trust that the souls of them who have been slain have entered into the rest of their God.

## Alma 58

- 1 At masdan, ngayon ito ay nangyari na, na ang aming sumunod na layunin ay makuha ang lunsod ng Manti; subalit masdan, walang paraang mailayo namin sila mula sa lunsod sa pamamagitan ng aming maliliit na pangkat. Sapagkat masdan, naalaala nila ang ginawa namin noong una; anupa't hindi namin sila malinlang na lumayo sa kanilang mga muog.
- 2 At higit silang nakararami kaysa sa aming hukbo kung kaya't hindi namin tinangkang harapin at salakayin sila sa kanilang mga muog.
- 3 Oo, at kinailangang gamitin namin ang aming mga tauhan sa pangangalaga ng mga bahaging yaon ng lupain na nabawi namin ang pagmamay-ari; kaya nga, kinakailangang kami ay maghintay, upang makatanggap kami ng karagdagang lakas mula sa lupain ng Zarahemla at gayon din ng karagdagang panustos na mga pagkain.
- 4 At ito ay nangyari na, na sa gayon ako nagpasugo ng mensahero sa gobernador ng ating lupain, upang maipalam sa kanya ang hinggil sa mga bagay-bagay ng ating mga tao. At ito ay nangyari na, na kami ay naghintay na makatanggap ng mga pagkain at lakas mula sa lupain ng Zarahemla.
- 5 Subalit masdan, nakinabang kami nang kaunti lamang dito; sapagkat ang mga Lamanita ay tumatanggap din ng labis na lakas sa araw-araw, at marami ring pagkain; at gayon ang aming kalagayan sa panahong ito.
- 6 At ang mga Lamanita ay sinasalakay kami sa pana-panahon, gumagamit ng pakana upang lipulin kami; gayon pa man, hindi kami maaaring makidigma sa kanila, dahil sa kanilang mga dulugan at kanilang mga muog.
- 7 At ito ay nangyari na, na kami ay naghintay sa ganitong mahirap na kalagayan sa loob ng maraming buwan, maging hanggang sa masasawi na sana kami dahil sa kawalan ng pagkain.

## Alma 58

And behold, now it came to pass that our next object was to obtain the city of Manti; but behold, there was no way that we could lead them out of the city by our small bands. For behold, they remembered that which we had hitherto done; therefore we could not decoy them away from their strongholds.

And they were so much more numerous than was our army that we durst not go forth and attack them in their strongholds.

Yea, and it became expedient that we should employ our men to the maintaining those parts of the land which we had regained of our possessions; therefore it became expedient that we should wait, that we might receive more strength from the land of Zarahemla and also a new supply of provisions.

And it came to pass that I thus did send an embassy to the governor of our land, to acquaint him concerning the affairs of our people. And it came to pass that we did wait to receive provisions and strength from the land of Zarahemla.

But behold, this did profit us but little; for the Lamanites were also receiving great strength from day to day, and also many provisions; and thus were our circumstances at this period of time.

And the Lamanites were sallying forth against us from time to time, resolving by stratagem to destroy us; nevertheless we could not come to battle with them, because of their retreats and their strongholds.

And it came to pass that we did wait in these difficult circumstances for the space of many months, even until we were about to perish for the want of food.

8 Subalit ito ay nangyari na, na kami ay nakatanggap ng pagkain, na binantayan para sa amin ng isang hukbo ng dalawang libong tauhan bilang tulong sa amin; at ito lamang ang tulong na natanggap namin, upang ipagtanggol ang aming sarili at ating bayan mula sa pagbagsak sa mga kamay ng ating mga kaaway, oo, upang labanan ang kaaway na hindi mabilang.

9 At ngayon, ang dahilan ng aming pagkapahiyang ito, o ang dahilan kung bakit hindi sila nagpadala ng karagdagan pang lakas sa amin, ay hindi namin nalalaman; kaya nga, kami ay nalungkot at napuspos din ng takot, at baka sa anumang pamamaraan ay dalawin kami ng mga paghahatol ng Diyos sa ating lupain, tungo sa ating pagkagapi at lubos na pagkalipol.

10 Anupa't ibinuhos namin ang aming mga kaluluwa sa panalangin sa Diyos, upang palakasin niya kami at iligtas kami mula sa mga kamay ng ating mga kaaway, oo, at bigyan din tayo ng lakas na mapangalagaan natin ang ating mga lunsod, at ating mga lupain, at ating mga pag-aari, para sa pagtataguyod ng ating mga tao.

11 Oo, at ito ay nangyari na, na kami ay dinalaw ng mga paniniyak ng Panginoon nating Diyos na ililigtas niya kami; oo, hanggang sa siya ay bumulong ng kapayapaan sa aming mga kaluluwa, at nagbigay sa amin ng malaking pananampalataya, at pinapangyaring kami ay umasa ng aming kaligtasan sa kanya.

12 At nagkalakas-loob kami sa aming maliit na hukbo na natanggap namin, at matatag na nagtikang gapiin ang aming mga kaaway, at na panatilihin ang ating mga lupain, at ating mga pag-aari, at ating mga asawa, at ating mga anak, at ang layunin ng ating kalayaan.

13 At sa gayon kami humayo nang buong lakas namin laban sa mga Lamanita, na nasa lunsod ng Manti; at itinayo namin ang aming mga tolda sa bahagi ng ilang, na malapit sa lunsod.

14 At ito ay nangyari na, na kinabukasan, nang makita ng mga Lamanita na kami ay nasa mga hangganan ng ilang na malapit sa lunsod, na sila ay nagpasugo ng mga tiktik sa paligid namin upang malaman nila ang bilang at lakas ng aming hukbo.

But it came to pass that we did receive food, which was guarded to us by an army of two thousand men to our assistance; and this is all the assistance which we did receive, to defend ourselves and our country from falling into the hands of our enemies, yea, to contend with an enemy which was innumerable.

And now the cause of these our embarrassments, or the cause why they did not send more strength unto us, we knew not; therefore we were grieved and also filled with fear, lest by any means the judgments of God should come upon our land, to our overthrow and utter destruction.

Therefore we did pour out our souls in prayer to God, that he would strengthen us and deliver us out of the hands of our enemies, yea, and also give us strength that we might retain our cities, and our lands, and our possessions, for the support of our people.

Yea, and it came to pass that the Lord our God did visit us with assurances that he would deliver us; yea, insomuch that he did speak peace to our souls, and did grant unto us great faith, and did cause us that we should hope for our deliverance in him.

And we did take courage with our small force which we had received, and were fixed with a determination to conquer our enemies, and to maintain our lands, and our possessions, and our wives, and our children, and the cause of our liberty.

And thus we did go forth with all our might against the Lamanites, who were in the city of Manti; and we did pitch our tents by the wilderness side, which was near to the city.

And it came to pass that on the morrow, that when the Lamanites saw that we were in the borders by the wilderness which was near the city, that they sent out their spies round about us that they might discover the number and the strength of our army.

- 15 At ito ay nangyari na, nang makita nilang hindi kami malakas, alinsunod sa aming mga bilang, at natatakot na harangin namin ang kanilang panustos maliban kung sila ay lalabas upang makidigma sa amin at patayin kami, at inaakala ring madali nila kaming malilipol dahil sa napakalaki nilang hukbo, anupa't nagsimula silang gumawa ng mga paghahanda upang makasalakay sila at makidigma laban sa amin.
- 16 At nang makita namin na sila ay gumagawa ng mga paghahanda upang salakayin kami, masdan, pinakilos ko si Gid, kasama ang maliit na bilang ng mga tauhan, na magkubli sa ilang, at gayon din si Tiomner at maliit na bilang ng mga tauhan na magkubli rin sa ilang.
- 17 Ngayon, si Gid at ang kanyang mga tauhan ay nasa dakong kanan at ang iba'y nasa dakong kaliwa; at nang maikubli nila ang kanilang sarili, masdan, ako ay nanatili, kasama ang nalalabi sa aking hukbo, sa yaon ding lugar na una naming tinayuan ng aming mga tolda sa panahon ng pagsalakay ng mga Lamanita upang makidigma.
- 18 At ito ay nangyari na, na ang mga Lamanita ay sumalakay kasama ang kanilang napakalaking hukbo laban sa amin. At nang sila ay makalapit at sasalakayin na sana nila kami ng kanilang mga espada, inutusan ko ang aking mga tauhan, yaong mga kasama ko, na magsiurong sa ilang.
- 19 At ito ay nangyari na, na ang mga Lamanita ay mabilis kaming tinugis, sapagkat labis silang nagnanais na abutan kami upang mapatay nila kami; kaya nga sinundan nila kami sa ilang; at dumaan kami sa gitna nina Gid at Tiomner, kung kaya't hindi sila natuklasan ng mga Lamanita.
- 20 At ito ay nangyari na, nang ang mga Lamanita ay nakaraan na, o nang ang hukbo ay nakaraan na, sina Gid at Tiomner ay nagsilabas mula sa kanilang mga lugar na pinagkukublihan, at hinarang ang mga tiktik ng mga Lamanita upang hindi na sila makabalik pa sa lunsod.
- 21 At ito ay nangyari na, nang kanilang maharangan sila, na sila ay nagsitakbo patungo sa lunsod at sinalakay ang mga bantay na naiwan upang bantayan ang lunsod, hanggang sa kanilang nalipol sila at nasakop ang lunsod.

And it came to pass that when they saw that we were not strong, according to our numbers, and fearing that we should cut them off from their support except they should come out to battle against us and kill us, and also supposing that they could easily destroy us with their numerous hosts, therefore they began to make preparations to come out against us to battle.

And when we saw that they were making preparations to come out against us, behold, I caused that Gid, with a small number of men, should secrete himself in the wilderness, and also that Teomner and a small number of men should secrete themselves also in the wilderness.

Now Gid and his men were on the right and the others on the left; and when they had thus secreted themselves, behold, I remained, with the remainder of my army, in that same place where we had first pitched our tents against the time that the Lamanites should come out to battle.

And it came to pass that the Lamanites did come out with their numerous army against us. And when they had come and were about to fall upon us with the sword, I caused that my men, those who were with me, should retreat into the wilderness.

And it came to pass that the Lamanites did follow after us with great speed, for they were exceedingly desirous to overtake us that they might slay us; therefore they did follow us into the wilderness; and we did pass by in the midst of Gid and Teomner, inso-much that they were not discovered by the Lamanites.

And it came to pass that when the Lamanites had passed by, or when the army had passed by, Gid and Teomner did rise up from their secret places, and did cut off the spies of the Lamanites that they should not return to the city.

And it came to pass that when they had cut them off, they ran to the city and fell upon the guards who were left to guard the city, insomuch that they did destroy them and did take possession of the city.



22 Ngayon, ito ay nagawa dahil sa itinulot ng mga Lamanita na ang kanilang buong hukbo, maliban sa ilang bantay lamang, na maakay palayo patungo sa ilang.

23 At ito ay nangyari na, na nasakop nina Gid at Tiomner sa pamamaraang ito ang kanilang mga muog. At ito ay nangyari na, na itinuloy namin ang aming pagtakas, matapos ang mahabang paglalakbay sa ilang patungo sa lupain ng Zarahemla.

24 At nang makita ng mga Lamanita na patungo sila sa lupain ng Zarahemla, na labis silang natakot, at baka may plano na binuo upang madala sila sa pagkalipol; anupa't nagsimula silang umurong patungong muli sa ilang, oo, maging pabalik sa yaon ding landas na dinaanan nila.

25 At masdan, sumapit ang gabi at itinayo nila ang kanilang mga tolda, sapagkat inakala ng mga punong kapitan ng mga Lamanita na napagod ang mga Nephita dahil sa kanilang paghayo; at inaakalang naitaboy nila ang buo nilang hukbo, kaya nga hindi sila nag-isip hinggil sa lunsod ng Manti.

26 Ngayon ito ay nangyari na, nang sumapit ang gabi, iniutos ko na ang aking mga tauhan ay huwag magsitulog, sa halip sila ay magsipaghayo sa ibang daan patungo sa lupain ng Manti.

27 At dahil dito sa aming paghayo sa gabi, masdan, kinabukasan ay nalampasan namin ang mga Lamanita, kung kaya nga't naunahan namin sila na makarating sa lunsod ng Manti.

28 At sa gayon ito ay nangyari na, na sa pamamagitan ng pakanang ito ay naangkin namin ang lunsod ng Manti nang walang pagdanak ng dugo.

29 At ito ay nangyari na, nang ang mga hukbo ng mga Lamanita ay makarating sa malapit sa lunsod, at nakita nilang nakahanda kaming humarap sa kanila, ay labis silang nanggilalas at nakadama ng masidhing takot, kung kaya nga't sila ay nagsitakas sa ilang.

30 Oo, at ito ay nangyari na, na ang mga hukbo ng mga Lamanita ay nagsitakas sa lahat ng bahaging ito ng lupain. Subalit masdan, sila ay nagtangay ng maraming babae at bata mula sa lupain.

Now this was done because the Lamanites did suffer their whole army, save a few guards only, to be led away into the wilderness.

And it came to pass that Gid and Teomner by this means had obtained possession of their strongholds. And it came to pass that we took our course, after having traveled much in the wilderness towards the land of Zarahemla.

And when the Lamanites saw that they were marching towards the land of Zarahemla, they were exceedingly afraid, lest there was a plan laid to lead them on to destruction; therefore they began to retreat into the wilderness again, yea, even back by the same way which they had come.

And behold, it was night and they did pitch their tents, for the chief captains of the Lamanites had supposed that the Nephites were weary because of their march; and supposing that they had driven their whole army therefore they took no thought concerning the city of Manti.

Now it came to pass that when it was night, I caused that my men should not sleep, but that they should march forward by another way towards the land of Manti.

And because of this our march in the night-time, behold, on the morrow we were beyond the Lamanites, insomuch that we did arrive before them at the city of Manti.

And thus it came to pass, that by this stratagem we did take possession of the city of Manti without the shedding of blood.

And it came to pass that when the armies of the Lamanites did arrive near the city, and saw that we were prepared to meet them, they were astonished exceedingly and struck with great fear, insomuch that they did flee into the wilderness.

Yea, and it came to pass that the armies of the Lamanites did flee out of all this quarter of the land. But behold, they have carried with them many women and children out of the land.

31 At ang mga yaong lunsod na nasakop ng mga Lamanita, lahat ng yaon sa mga oras na ito'y nasa aming pag-aari; at ang aming mga ama at aming kababaihan, at aming mga anak ay nagsisibalik sa kani-kanilang mga tahanan, lahat maliban sa mga yaong nadalang bihag at tinangay ng mga Lamanita.

32 Subalit masdan, ang aming hukbo ay maliit upang mapangalagaan ang napakaraming lunsod at napakalaking pag-aari.

33 Subalit masdan, kami ay nagtitiwala sa aming Diyos na siyang nagbigay sa amin ng tagumpay sa mga lupaing yaon, kaya nga't nakuha namin ang mga lunsod na yaon at mga lupaing yaon, na pag-aari natin.

34 Ngayon hindi namin nalalaman ang dahilan ng hindi pagpapadala ng pamahalaan sa amin ng karagdagang lakas; ni hindi rin nalalaman ng mga tauhang yaon na ipinadala sa amin kung bakit hindi kami nakatanggap ng karagdagang lakas.

35 Masdan, hindi namin nalalaman kung nabigo kayo, at kinailangan ninyo ng mga hukbo sa dakong iyan ng lupain; kung nagkagayon, hindi namin nais na dumaing.

36 At kung hindi gayon, masdan, kami ay nangangamba na baka may pagkakahati sa pamahalaan, kung kaya't hindi sila nagpapadala ng karagdagang tauhan upang tulungan kami; sapagkat nalalaman naming higit na marami sila kaysa sa ipinadala nila.

37 Subalit masdan, ito ay hindi na mahalaga —nagtitiwala kaming ililigtas kami ng Diyos, sa kabila ng kahinaan ng aming mga hukbo, oo, at ililigtas kami mula sa mga kamay ng ating mga kaaway.

38 Masdan, ito ang ikadalawampu at siyam na taon, sa ikahuling bahagi, at nasa pag-aari na namin ang ating mga lupain; at ang mga Lamanita ay nagsitakas patungo sa lupain ng Nephi.

39 At ang mga anak ng mga yaong tao ni Ammon, na labis kong ipinagmamapuri, ay kasama ko sa lunsod ng Manti; at itinaguyod sila ng Panginoon, oo, at pinangalagaan sila upang hindi magsibagsak sa pamamagitan ng espada, kung kaya't maging isang katao ay hindi napatay.

And those cities which had been taken by the Lamanites, all of them are at this period of time in our possession; and our fathers and our women and our children are returning to their homes, all save it be those who have been taken prisoners and carried off by the Lamanites.

But behold, our armies are small to maintain so great a number of cities and so great possessions.

But behold, we trust in our God who has given us victory over those lands, insomuch that we have obtained those cities and those lands, which were our own.

Now we do not know the cause that the government does not grant us more strength; neither do those men who came up unto us know why we have not received greater strength.

Behold, we do not know but what ye are unsuccessful, and ye have drawn away the forces into that quarter of the land; if so, we do not desire to murmur.

And if it is not so, behold, we fear that there is some faction in the government, that they do not send more men to our assistance; for we know that they are more numerous than that which they have sent.

But, behold, it mattereth not—we trust God will deliver us, notwithstanding the weakness of our armies, yea, and deliver us out of the hands of our enemies.

Behold, this is the twenty and ninth year, in the latter end, and we are in the possession of our lands; and the Lamanites have fled to the land of Nephi.

And those sons of the people of Ammon, of whom I have so highly spoken, are with me in the city of Manti; and the Lord has supported them, yea, and kept them from falling by the sword, insomuch that even one soul has not been slain.

40 Subalit masdan, nakatanggap sila ng maraming sugat; gayon pa man sila ay hindi natinag sa kalayaang yaon kung saan sila ginawang malaya ng Diyos; at sila ay mahigpit sa pag-alaala sa Panginoon nilang Diyos sa araw-araw; oo, patuloy nilang sinusunod ang kanyang mga batas, at kanyang mga kahatulan, at kanyang mga kautusan; at malakas ang kanilang pananampalataya sa mga propesiya hinggil sa yaong darating.

41 At ngayon, mahal kong kapatid, Moroni, nawa ang Panginoon nating Diyos, na siyang tumubos at nagpalaya sa atin, ay patuloy kang pangalagaan sa kanyang harapan; oo, at nawa ay itaguyod niya ang mga taong ito, maging sa magtagumpay ka sa pananakop ng lahat ng yaong kinuha ng mga Lamanita mula sa atin, para sa ating panustos. At ngayon masdan, tinatapos ko ang aking liham. Ako si Helaman, ang anak ni Alma.

But behold, they have received many wounds; nevertheless they stand fast in that liberty wherewith God has made them free; and they are strict to remember the Lord their God from day to day; yea, they do observe to keep his statutes, and his judgments, and his commandments continually; and their faith is strong in the prophecies concerning that which is to come.

And now, my beloved brother, Moroni, may the Lord our God, who has redeemed us and made us free, keep you continually in his presence; yea, and may he favor this people, even that ye may have success in obtaining the possession of all that which the Lamanites have taken from us, which was for our support. And now, behold, I close mine epistle. I am Helaman, the son of Alma.

## Alma 59

- 1 Ngayon ito ay nangyari na, na sa ikatatlumpung taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi, matapos na matanggap ni Moroni at mabasa ang liham ni Helaman, siya ay labis na nagsaya dahil sa kagalingan, oo, sa malaking tagumpay ni Helaman, sa pagkuha ng mga lupaing yaon na nawala.
- 2 Oo, at ipinaalam niya ito sa lahat ng kanyang mga tao, sa lahat ng lupain sa paligid sa bahaging yaon na kinaroroonan niya, upang sila ay magsaya rin.
- 3 At ito ay nangyari na, na kaagad siyang nagpadala ng isang liham kay Pahoran, hinihinging mangalap siya ng mga tauhan upang palakasin sina Helaman, o ang mga hukbo ni Helaman, hanggang sa magawa niyang mapangalagaan nang buong gaan ang bahaging yaon ng lupain na mahimalang matagumpay niyang nabawi.
- 4 At ito ay nangyari na, nang ipadala ni Moroni ang liham na ito sa lupain ng Zarahemla, siya ay nagsimulang muling bumuo ng plano upang makuha niya ang mga nalalabi sa pag-aaring yaon at mga lunsod na nakuha ng mga Lamanita mula sa kanila.
- 5 At ito ay nangyari na, na habang si Moroni ay gumagawa ng mga paghahanda upang humayo laban sa mga Lamanita sa digmaan, masdan, ang mga tao ng Nefihas, na sama-samang tinipon mula sa lunsod ng Moroni at sa lunsod ng Lehi at sa lunsod ng Morianton, ay sinalakay ng mga Lamanita.
- 6 Oo, maging ang mga yaong napilitang tumakas mula sa lupain ng Manti, at sa lupain sa paligid, ay nagsidating at umanib sa mga Lamanita sa bahaging ito ng lupain.
- 7 At sa gayon dahil sa napakarami, oo, at tumatanggap ng lakas sa araw-araw, sa utos ni Amoron ay sinalakay nila ang mga tao ng Nefihas, at sinimulan nilang patayin sila ng labis na malaking pagkatay.
- 8 At ang kanilang mga hukbo ay napakalaki kung kaya't ang mga nalalabing tao ng Nefihas ay napilitang magsitakas sa kanilang harapan; at sila ay dumating at umanib sa hukbo ni Moroni.

## Alma 59

Now it came to pass in the thirtieth year of the reign of the judges over the people of Nephi, after Moroni had received and had read Helaman's epistle, he was exceedingly rejoiced because of the welfare, yea, the exceeding success which Helaman had had, in obtaining those lands which were lost.

Yea, and he did make it known unto all his people, in all the land round about in that part where he was, that they might rejoice also.

And it came to pass that he immediately sent an epistle to Pahoran, desiring that he should cause men to be gathered together to strengthen Helaman, or the armies of Helaman, insomuch that he might with ease maintain that part of the land which he had been so miraculously prospered in regaining.

And it came to pass when Moroni had sent this epistle to the land of Zarahemla, he began again to lay a plan that he might obtain the remainder of those possessions and cities which the Lamanites had taken from them.

And it came to pass that while Moroni was thus making preparations to go against the Lamanites to battle, behold, the people of Nephiah, who were gathered together from the city of Moroni and the city of Lehi and the city of Morianton, were attacked by the Lamanites.

Yea, even those who had been compelled to flee from the land of Manti, and from the land round about, had come over and joined the Lamanites in this part of the land.

And thus being exceedingly numerous, yea, and receiving strength from day to day, by the command of Amoron they came forth against the people of Nephiah, and they did begin to slay them with an exceedingly great slaughter.

And their armies were so numerous that the remainder of the people of Nephiah were obliged to flee before them; and they came even and joined the army of Moroni.

- 9 At ngayon dahil sa inakala ni Moroni na may mga tauhang ipinadala sa lunsod ng Nefihas, upang matulungan ang mga tao na pangalagaan ang lunsod na yaon, at nalalamang higit na madaling ipagtanggol ang lunsod mula sa pagbagsak sa mga kamay ng mga Lamanita kaysa sa bawiin ito mula sa kanila, inakala niya na madali nilang mapangangalagaan ang lunsod na yaon.
- 10 Anupa't pinanatili niya ang lahat ng kanyang hukbo sa pangangalaga ng mga lugar na yaon na nabawi niya.
- 11 At ngayon, nang malaman ni Moroni na ang lunsod ng Nefihas ay nawala na labis siyang nalungkot, at nagsimulang mag-alinlangan, dahil sa kasamaan ng mga tao, kung bakit hindi sila mahuhulog sa mga kamay ng kanilang mga kapatid.
- 12 Ngayon, ito ang kalagayan ng lahat ng punong kapitan niya. Sila ay nag-alinlangan at nanggilalas din dahil sa kasamaan ng mga tao, at ito ay dahil sa tagumpay ng mga Lamanita sa kanila.
- 13 At ito ay nangyari na, na si Moroni ay nagalit sa pamahalaan, dahil sa kanilang kawalang-pagpapahalaga hinggil sa kalayaan ng kanilang bayan.

And now as Moroni had supposed that there should be men sent to the city of Nephihah, to the assistance of the people to maintain that city, and knowing that it was easier to keep the city from falling into the hands of the Lamanites than to retake it from them, he supposed that they would easily maintain that city.

Therefore he retained all his force to maintain those places which he had recovered.

And now, when Moroni saw that the city of Nephihah was lost he was exceedingly sorrowful, and began to doubt, because of the wickedness of the people, whether they should not fall into the hands of their brethren.

Now this was the case with all his chief captains. They doubted and marveled also because of the wickedness of the people, and this because of the success of the Lamanites over them.

And it came to pass that Moroni was angry with the government, because of their indifference concerning the freedom of their country.

## Alma 60

- 1 At ito ay nangyari na, na siya ay muling sumulat sa gobernador ng lupain, na si Pahoran, at ito ang mga salitang isinulat niya, sinasabing: Masdan, ipinahahatid ko ang aking liham kay Pahoran, sa lunsod ng Zarahemla, na siyang punong hukom at gobernador ng lupain, at gayon din sa lahat ng yaong pinili ng mga taong ito na mamahala at mangasiwa sa mga bagay-bagay ng digmaang ito.
- 2 Sapagkat masdan, may sasabihin ako nang bahagya sa kanila sa paraang may panunumpa; sapagkat masdan, kayo na rin ang nakaaalam na kayo ay hinirang na mangalap ng mga tauhan, at sandatahan sila ng mga espada, at ng mga simitar, at lahat ng uri ng sandata ng digmaan ng bawat uri, at ipadala laban sa mga Lamanita, saan mang dako sila sumalakay sa ating mga lupain.
- 3 At ngayon masdan, sinasabi ko sa iyo na ako na rin, at gayon din ang mga tauhan ko, at gayon din si Helaman at ang kanyang mga tauhan, ay nagdanas ng labis na pagdurusa; oo, maging ng pagkagutom, pagkauhaw, at pagkapagod, at lahat ng uri ng paghihirap ng bawat uri.
- 4 Subalit masdan, kung ito lamang ang aming dinaranas ay hindi sana kami aangal ni daraing.
- 5 Subalit masdan, labis ang pagkatay sa ating mga tao; oo, libu-libo na ang napabagsak sa pamamagitan ng espada, samantalang hindi sana nangyari ito kung kayo ay nagpadala sa aming mga hukbo ng sapat na lakas at tulong para sa kanila. Oo, labis ang naging kapabayaan ninyo sa amin.
- 6 At ngayon masdan, nais naming malaman ang dahilan ng labis na kapabayaang ito; oo, nais naming malaman ang dahilan ng inyong pabayang katayuan.
- 7 Magagawa ba ninyong isiping umupo sa inyong mga luklukan sa kalagayan ng kapabayaan, samantalang ang inyong mga kaaway ay naghahasik ng gawa ng kamatayan sa inyong paligid? Oo, samantalang pinapaslang nila ang libu-libo sa inyong mga kapatid—

## Alma 60

And it came to pass that he wrote again to the governor of the land, who was Pahoran, and these are the words which he wrote, saying: Behold, I direct mine epistle to Pahoran, in the city of Zarahemla, who is the chief judge and the governor over the land, and also to all those who have been chosen by this people to govern and manage the affairs of this war.

For behold, I have somewhat to say unto them by the way of condemnation; for behold, ye yourselves know that ye have been appointed to gather together men, and arm them with swords, and with cimeters, and all manner of weapons of war of every kind, and send forth against the Lamanites, in whatsoever parts they should come into our land.

And now behold, I say unto you that myself, and also my men, and also Helaman and his men, have suffered exceedingly great sufferings; yea, even hunger, thirst, and fatigue, and all manner of afflictions of every kind.

But behold, were this all we had suffered we would not murmur nor complain.

But behold, great has been the slaughter among our people; yea, thousands have fallen by the sword, while it might have otherwise been if ye had rendered unto our armies sufficient strength and succor for them. Yea, great has been your neglect towards us.

And now behold, we desire to know the cause of this exceedingly great neglect; yea, we desire to know the cause of your thoughtless state.

Can you think to sit upon your thrones in a state of thoughtless stupor, while your enemies are spreading the work of death around you? Yea, while they are murdering thousands of your brethren—

- 8 Oo, maging sila na umaasa sa inyo ng pangangalaga, oo, inilagay kayo sa katayuan na maaari ninyo silang tulungan, oo, maaari sana ninyo silang padalhan ng mga hukbo, upang palakasin sila, at mailigtas ang libu-libo sa kanila mula sa kamatayan sa pamamagitan ng espada.
- 9 Subalit masdan, hindi lamang ito—ipinagkait ninyo ang inyong mga pagkain sa kanila, hanggang sa marami ang nakipaglaban at ibinuwis ang kanilang mga buhay dahil sa kanilang mga taimtim na naisin na taglay nila para sa kapakanan ng mga taong ito; oo, at ginawa nila ito nang mamamatay na sana sila sa gutom, dahil sa inyong labis na kapabayaang sa kanila.
- 10 At ngayon, mga minamahal kong kapatid—sapagkat nararapat kayong mga minamahal; oo, at nararapat sana ninyong pukawin ang inyong sarili nang higit na masigasig para sa kapakanan at sa kalayaan ng mga taong ito; subalit masdan, pinabayaan ninyo sila hanggang sa ang dugo ng libu-libo ay mapapataw sa inyong mga ulo sa paghihiganti; oo, sapagkat nalalaman ng Diyos ang lahat ng kanilang mga pagsusumamo, at lahat ng kanilang pagdurusa—
- 11 Masdan, sa akala ba ninyo’y maaari kayong umupo sa inyong mga luklukan, at dahil sa labis na kabutihan ng Diyos ay wala na kayong gagawin pa at ililigtas niya kayo? Masdan, kung ito ang inaakala ninyo’y nag-aakala kayo nang walang saysay.
- 12 Sa akala ba ninyo, dahil sa napakarami sa inyong mga kapatid ang napatay ay dahil ito sa kanilang kasamaan? Sinasabi ko sa inyo, kung ito ang inaakala ninyo’y nag-aakala kayo nang walang saysay; sapagkat sinasabi ko sa inyo, marami ang bumagsak sa pamamagitan ng espada; at masdan ito ay tungo sa inyong pagkasumpa.
- 13 Sapagkat pinahihintulutan ng Panginoon na mapatay ang mabubuti upang ang kanyang katarungan at kahatulan ay sumapit sa masasama; kaya nga hindi ninyo dapat na akalain na ang mabubuti ay itinakwil dahil sa napatay sila; subalit masdan, papasok sila sa kapahingahan ng Panginoon nilang Diyos.

Yea, even they who have looked up to you for protection, yea, have placed you in a situation that ye might have succored them, yea, ye might have sent armies unto them, to have strengthened them, and have saved thousands of them from falling by the sword.

But behold, this is not all—ye have withheld your provisions from them, insomuch that many have fought and bled out their lives because of their great desires which they had for the welfare of this people; yea, and this they have done when they were about to perish with hunger, because of your exceedingly great neglect towards them.

And now, my beloved brethren—for ye ought to be beloved; yea, and ye ought to have stirred yourselves more diligently for the welfare and the freedom of this people; but behold, ye have neglected them insomuch that the blood of thousands shall come upon your heads for vengeance; yea, for known unto God were all their cries, and all their sufferings—

Behold, could ye suppose that ye could sit upon your thrones, and because of the exceeding goodness of God ye could do nothing and he would deliver you? Behold, if ye have supposed this ye have supposed in vain.

Do ye suppose that, because so many of your brethren have been killed it is because of their wickedness? I say unto you, if ye have supposed this ye have supposed in vain; for I say unto you, there are many who have fallen by the sword; and behold it is to your condemnation;

For the Lord suffereth the righteous to be slain that his justice and judgment may come upon the wicked; therefore ye need not suppose that the righteous are lost because they are slain; but behold, they do enter into the rest of the Lord their God.

- 14 At ngayon masdan, sinasabi ko sa inyo, labis akong natatakot na ang mga kahatulan ng Diyos ay sumapit sa mga taong ito, dahil sa kanilang labis na katamaran, oo, maging ang katamaran ng ating pamahalaan, at ang labis na kapabayaan nila sa kanilang mga kapatid, oo, sa mga yaong napatay.
- 15 Sapagkat kung hindi dahil sa kasamaan na unang nagsimula sa ating pinuno, ay nagapi na sana natin ang ating mga kaaway at hindi na sila nakakuha pa ng kapangyarihan laban sa atin.
- 16 Oo, kung hindi lamang sa digmaang sumiklab sa atin; oo, kung hindi lamang sa mga king-men na ito, na pinagmulan ng maraming pagdanak ng dugo sa atin; oo, sa panahong naglalaban-laban tayo, kung pinagsama-sama natin ang ating lakas na tulad ng ating ginawa noon; oo, kung hindi lamang sa pagnanais ng kapangyarihan at karapatan na ginawa sa atin ng mga king-men na yaon; kung sila ay naging tapat sa layunin ng kalayaan, at nakiisa sa atin, at humarap sa ating mga kaaway, sa halip na humawak ng kanilang mga espada laban sa atin, na naging dahilan ng maraming pagdanak ng dugo sa atin; oo, kung sinalakay natin sila sa lakas ng Panginoon, ay naitaboy sana natin ang ating mga kaaway, sapagkat magaganap sana ito, alinsunod sa kaganapan ng kanyang salita.
- 17 Subalit masdan, ngayon tayo ay sinasalakay ng mga Lamanita, sinasakop ang ating mga lupain, at pinapaslang nila ang ating mga tao sa pamamagitan ng espada, oo, ang ating kababaihan at ating mga anak, at dinadala rin silang mga bihag, ginagawang pahirapan sila ng lahat ng uri ng pagpapahirap, at ito ay dahil sa labis na kasamaan ng mga yaong naghahangad ng kapangyarihan at karapatan, oo, maging ang mga king-men na yaon.
- 18 Subalit bakit pa ako mangungusap hinggil sa bagay na ito? Sapagkat hindi namin nalalaman kung kayo na rin ay naghahangad ng kapangyarihan. Hindi namin nalalaman kung kayo na rin ay mga taksil din sa inyong bayan.
- 19 O pinabayaan ba ninyo kami dahil sa nasa gitna kayo ng ating bayan at kayo ay napaliligiran ng pananggalang, kung kaya't hindi kayo nagpapadala ng pagkain sa amin, at gayon din ng mga tauhan upang palakasin ang aming mga hukbo?

And now behold, I say unto you, I fear exceedingly that the judgments of God will come upon this people, because of their exceeding slothfulness, yea, even the slothfulness of our government, and their exceedingly great neglect towards their brethren, yea, towards those who have been slain.

For were it not for the wickedness which first commenced at our head, we could have withstood our enemies that they could have gained no power over us.

Yea, had it not been for the war which broke out among ourselves; yea, were it not for these king-men, who caused so much bloodshed among ourselves; yea, at the time we were contending among ourselves, if we had united our strength as we hitherto have done; yea, had it not been for the desire of power and authority which those king-men had over us; had they been true to the cause of our freedom, and united with us, and gone forth against our enemies, instead of taking up their swords against us, which was the cause of so much bloodshed among ourselves; yea, if we had gone forth against them in the strength of the Lord, we should have dispersed our enemies, for it would have been done, according to the fulfilling of his word.

But behold, now the Lamanites are coming upon us, taking possession of our lands, and they are murdering our people with the sword, yea, our women and our children, and also carrying them away captive, causing them that they should suffer all manner of afflictions, and this because of the great wickedness of those who are seeking for power and authority, yea, even those king-men.

But why should I say much concerning this matter? For we know not but what ye yourselves are seeking for authority. We know not but what ye are also traitors to your country.

Or is it that ye have neglected us because ye are in the heart of our country and ye are surrounded by security, that ye do not cause food to be sent unto us, and also men to strengthen our armies?



- 20 Nalimutan na ba ninyo ang mga kautusan ng Panginoon ninyong Diyos? Oo, nalimutan na ba ninyo ang pagkabihag ng ating mga ama? Nalimutan na ba ninyo na maraming ulit na iniligtas niya tayo mula sa mga kamay ng ating mga kaaway?
- 21 O inaakala ninyong ililigtas pa rin tayo ng Panginoon, habang tayo ay nakaupo sa ating mga luklukan at hindi ginagamit ang mga pamamaraang inilaan para sa atin ng Panginoon?
- 22 Oo, uupo ba kayo sa katamaran samantalang kayo ay napaliligiran ng libu-libong yaon, oo, at sampu-sampung libo, na nauupo rin sa katamaran, samantalang libu-libo ang nasa paligid sa mga hangganan ng lupain ang nagsisibagsak sa pamamagitan ng espada, oo, mga sugatan at duguan?
- 23 Inaakala ba ninyong ituturing kayo ng Diyos na wala kayong kasalanan samantalang kayo ay nauupong walang kibo at minamasdan ang mga bagay na ito? Masdan sinasabi ko sa inyo, Hindi. Ngayon nais kong tandaan ninyo na sinabi ng Diyos na linisin muna ang panloob na sisidlan, at sa gayon ay malilinis din ang panlabas na sisidlan.
- 24 At ngayon, maliban kung kayo ay magsisisi sa yaong inyong ginawa, at magsimulang bumangon at magsikilos, at magpadala ng pagkain at mga tauhan sa amin, at gayon din kay Helaman, upang maitaguyod niya ang mga bahaging yaon ng ating bayan na nabawi niya, at nang mabawi rin ninyo ang nalalabi sa ating mga pag-aari sa mga bahaging ito, masdan, kapaki-pakinabang na hindi tayo makipaglaban pa sa mga Lamanita hanggang sa malinis muna natin ang ating panloob na sisidlan, oo, maging ang pinakamataas na pinuno ng ating pamahalaan.
- 25 At maliban kung tanggapin ninyo ang aking liham, at lumabas at ipakita sa akin ang tunay na diwa ng kalayaan, at magsikap na palakasin at patibayin ang aming mga hukbo, at magkaloob sa kanila ng pagkain para sa panustos nila, masdan mag-iiwan ako ng bahagi ng aking freemen upang pangalagaan ang bahaging ito ng ating lupain, at iiwanan ko ang lakas at mga pagbabasbas ng Diyos sa kanila, upang wala nang ibang kapangyarihan pa ang lumaganap laban sa kanila—

Have ye forgotten the commandments of the Lord your God? Yea, have ye forgotten the captivity of our fathers? Have ye forgotten the many times we have been delivered out of the hands of our enemies?

Or do ye suppose that the Lord will still deliver us, while we sit upon our thrones and do not make use of the means which the Lord has provided for us?

Yea, will ye sit in idleness while ye are surrounded with thousands of those, yea, and tens of thousands, who do also sit in idleness, while there are thousands round about in the borders of the land who are falling by the sword, yea, wounded and bleeding?

Do ye suppose that God will look upon you as guiltless while ye sit still and behold these things? Behold I say unto you, Nay. Now I would that ye should remember that God has said that the inward vessel shall be cleansed first, and then shall the outer vessel be cleansed also.

And now, except ye do repent of that which ye have done, and begin to be up and doing, and send forth food and men unto us, and also unto Helaman, that he may support those parts of our country which he has regained, and that we may also recover the remainder of our possessions in these parts, behold it will be expedient that we contend no more with the Lamanites until we have first cleansed our inward vessel, yea, even the great head of our government.

And except ye grant mine epistle, and come out and show unto me a true spirit of freedom, and strive to strengthen and fortify our armies, and grant unto them food for their support, behold I will leave a part of my freemen to maintain this part of our land, and I will leave the strength and the blessings of God upon them, that none other power can operate against them—

- 26 At ito ay dahil sa kanilang labis na pananampalataya, at ng kanilang pagtitiis sa kanilang mga pagdurusa—
- 27 At ako ay magtutungo sa inyo, at kung mayroon man sa inyo na naghahangad sa kalayaan, oo, kung mayroong kahit kislap ng kalayaang natitira, masdan, ako ay magpupukaw ng mga pag-aaklas sa inyo, maging hanggang sa ang mga yaong naghahangad na magnakaw ng kapangyarihan at karapatan ay malipol na.
- 28 Oo, masdan, hindi ako natatakot sa kapangyarihan ni karapatan ninyo, kundi sa aking Diyos ako natatakot; at ito ay alinsunod sa kanyang mga kautusan na gagamitin ko ang aking espada upang ipagtanggol ang layunin ng aking bayan, at ito ay dahil sa inyong kasamaan kung kaya't kami ay nagdanas ng labis na kawalan.
- 29 Masdan panahon na, oo, dumating na ang panahon, na maliban kung imumulat ninyo ang inyong sarili sa pagtatanggol sa inyong bayan at sa inyong mga musmos, ang espada ng katarungan ay nakaumang sa ulunan ninyo; oo, at babagsak ito sa inyo at parurusahan kayo maging hanggang sa inyong ganap na pagkalipol.
- 30 Masdan, ako ay naghihintay ng tulong mula sa inyo; at, maliban kung kikilos kayo sa hinaing namin, masdan, ako ay magtutungo sa inyo, maging sa lupain ng Zarahemla, at hahatawin kayo ng espada, hanggang sa kayo ay mawalan ng kapangyarihan na pigilin ang pag-unlad ng mga taong ito sa layunin ng ating kalayaan.
- 31 Sapagkat masdan, hindi pahihintulutan ng Panginoon na mabuhay kayo at maging malakas sa inyong kasamaan upang lipulin ang kanyang mabubuting tao.
- 32 Masdan, inaakala ba ninyo na ililigtas kayo ng Panginoon at lalabas sa paghahatol laban sa mga Lamanita, samantalang ang kaugalian ng kanilang mga ama ang dahilan ng kanilang poot, oo, at ito ay pinatindi ng mga yaong tumiwalag mula sa atin, samantalang ang kasamaan ninyo ay para sa layunin ng inyong pagmamahal sa kapangyarihan at sa mga walang kabuluhang bagay ng daigdig?

And this because of their exceeding faith, and their patience in their tribulations—

And I will come unto you, and if there be any among you that has a desire for freedom, yea, if there be even a spark of freedom remaining, behold I will stir up insurrections among you, even until those who have desires to usurp power and authority shall become extinct.

Yea, behold I do not fear your power nor your authority, but it is my God whom I fear; and it is according to his commandments that I do take my sword to defend the cause of my country, and it is because of your iniquity that we have suffered so much loss.

Behold it is time, yea, the time is now at hand, that except ye do bestir yourselves in the defence of your country and your little ones, the sword of justice doth hang over you; yea, and it shall fall upon you and visit you even to your utter destruction.

Behold, I wait for assistance from you; and, except ye do administer unto our relief, behold, I come unto you, even in the land of Zarahemla, and smite you with the sword, insomuch that ye can have no more power to impede the progress of this people in the cause of our freedom.

For behold, the Lord will not suffer that ye shall live and wax strong in your iniquities to destroy his righteous people.

Behold, can you suppose that the Lord will spare you and come out in judgment against the Lamanites, when it is the tradition of their fathers that has caused their hatred, yea, and it has been redoubled by those who have dissented from us, while your iniquity is for the cause of your love of glory and the vain things of the world?

- 33 Nalalaman ninyong nilalabag ninyo ang mga batas ng Diyos, at nalalaman ninyong niyuyurakan ninyo ang mga ito sa ilalim ng inyong mga paa. Masdan, sinabi ng Panginoon sa akin: Kung yaong mga hinirang ninyo na maging inyong mga gobernador ay hindi magsisisi ng kanilang mga kasalanan at kasamaan, ikaw ay aahon upang makidigma laban sa kanila.
- 34 At ngayon masdan, ako, si Moroni, ay napipilitan, alinsunod sa tipang ginawa ko na susundin ang mga kautusan ng aking Diyos; anupa't nais ko na kayo ay sumunod sa salita ng Diyos, at kaagad kayong magpadala sa akin ng inyong mga pagkain at inyong mga tauhan, at gayon din kay Helaman.
- 35 At masdan, kung hindi ninyo gagawin ito ay mabilis akong magtutungo sa inyo; sapagkat masdan, hindi pahihintulutan ng Diyos na kami ay masawi dahil sa gutom; anupa't siya ay magbibigay sa amin ng inyong pagkain, maging kung ito man ay sa pamamagitan ng espada. Ngayon tiyaking tinutupad ninyo ang salita ng Diyos.
- 36 Masdan, ako si Moroni, ang inyong punong kapitan. Hindi ako naghahangad ng kapangyarihan, kundi ang hatakin itong pababa. Hindi ako naghahangad ng papuri ng sanlibutan, kundi para sa kaluwalhatian ng aking Diyos, at ng kalayaan at kapakanan ng aking bayan. At sa gayon ko tinatapos ang aking liham.

Ye know that ye do transgress the laws of God, and ye do know that ye do trample them under your feet. Behold, the Lord saith unto me: If those whom ye have appointed your governors do not repent of their sins and iniquities, ye shall go up to battle against them.

And now behold, I, Moroni, am constrained, according to the covenant which I have made to keep the commandments of my God; therefore I would that ye should adhere to the word of God, and send speedily unto me of your provisions and of your men, and also to Helaman.

And behold, if ye will not do this I come unto you speedily; for behold, God will not suffer that we should perish with hunger; therefore he will give unto us of your food, even if it must be by the sword. Now see that ye fulfil the word of God.

Behold, I am Moroni, your chief captain. I seek not for power, but to pull it down. I seek not for honor of the world, but for the glory of my God, and the freedom and welfare of my country. And thus I close mine epistle.

## Alma 61

- 1 Masdan, ngayon ito ay nangyari na, na kaagad pagkatapos na maipadala ni Moroni ang kanyang liham sa punong gobernador, siya ay nakatanggap ng liham mula kay Pahoran, ang punong gobernador. At ito ang mga salitang natanggap niya:
- 2 Ako, si Pahoran, na siyang punong gobernador ng lupaing ito, ay ipinadadala ang mga salitang ito kay Moroni, ang punong kapitan ng hukbo. Masdan, sinasabi ko sa iyo, Moroni, na hindi ako nagagalak sa masidhi ninyong mga paghihirap, oo, ipinagdadalamhati ito ng aking kaluluwa.
- 3 Subalit masdan, may mga nagagalak sa inyong mga paghihirap, oo, kung kaya't sila ay nagsipag-aklas sa paghihimagsik laban sa akin, at gayon din sa mga yaong aking tao na mga freemen, oo, at ang mga yaong naghimagsik ay napakarami.
- 4 At ang mga yaong naghangad na kunin ang hukumang-luklukan mula sa akin ang dahilan ng labis na kasamaang ito; sapagkat sila ay gumamit ng labis na panghihibok, at naakay nila palayo ang mga puso ng maraming tao, na magiging dahilan ng masidhing paghihirap natin; ipinagkait nila ang ating mga pagkain, at tinakot ang ating mga freemen upang hindi sila magtungo sa inyo.
- 5 At masdan, itinaboy nila ako mula sa kanilang harapan, at ako ay tumakas patungo sa lupain ng Gedeon, kasama ang kasindami ng mga tauhang nagawa kong makuha.
- 6 At masdan, ako ay nagpadala ng pahayag sa bahaging ito ng lupain; at masdan, nagtitipun-tipon sila sa amin sa araw-araw, nang nasasandatahan, sa pagtatanggol ng kanilang bayan at kanilang kalayaan, at ipaghiganti ang ating mga kaapihan.
- 7 At sila ay nagtungo sa amin, hanggang sa ang mga yaong nagsipag-aklas sa paghihimagsik laban sa amin ay nalagay sa pangamba, oo, hanggang sa natakot sila sa amin at hindi sila nagtangkang sumalakay laban sa amin upang makidigma.

## Alma 61

Behold, now it came to pass that soon after Moroni had sent his epistle unto the chief governor, he received an epistle from Pahoran, the chief governor. And these are the words which he received:

I, Pahoran, who am the chief governor of this land, do send these words unto Moroni, the chief captain over the army. Behold, I say unto you, Moroni, that I do not joy in your great afflictions, yea, it grieves my soul.

But behold, there are those who do joy in your afflictions, yea, insomuch that they have risen up in rebellion against me, and also those of my people who are freemen, yea, and those who have risen up are exceedingly numerous.

And it is those who have sought to take away the judgment-seat from me that have been the cause of this great iniquity; for they have used great flattery, and they have led away the hearts of many people, which will be the cause of sore affliction among us; they have withheld our provisions, and have daunted our freemen that they have not come unto you.

And behold, they have driven me out before them, and I have fled to the land of Gideon, with as many men as it were possible that I could get.

And behold, I have sent a proclamation throughout this part of the land; and behold, they are flocking to us daily, to their arms, in the defence of their country and their freedom, and to avenge our wrongs.

And they have come unto us, insomuch that those who have risen up in rebellion against us are set at defiance, yea, insomuch that they do fear us and durst not come out against us to battle.

8 Sinakop nila ang lupain, o ang lunsod ng Zarahemla; sila ay naghirang ng hari sa kanila, at siya ay sumulat sa hari ng mga Lamanita, kung saan siya ay nakipagkasundo sa kanya; kung saang kasunduan ay sumang-ayon siyang pangalagaan ang lunsod ng Zarahemla, kung aling pangangalaga ay inaakala niyang makakaya na ng mga Lamanita ang sakupin ang nalalabing lupain, at siya ay iluluklok na hari sa mga taong ito kapag nasakop na sila ng mga Lamanita.

9 At ngayon, sa iyong liham ay hinatulan mo ako, subalit hindi ito mahalaga; hindi ako nagagalit, kundi nagagalak sa kadakilaan ng iyong puso. Ako, si Pahoran, ay hindi naghahangad ng kapangyarihan, maliban lamang na mapanatili ko ang aking hukumang-luklukan upang mapangalagaan ko ang mga karapatan at kalayaan ng aking mga tao. Ang aking kaluluwa ay di matitinag sa kalayaang yaon kung saan tayo ginawang malaya ng Diyos.

10 At ngayon, masdan, labanan natin ang kasamaan maging hanggang sa pagpapadana ng dugo. Hindi natin padananakin ang dugo ng mga Lamanita kung sila ay mananatili sa kanilang sariling lupain.

11 Hindi natin padananakin ang dugo ng ating mga kapatid kung hindi sila mag-aaklas sa paghihimagsik at humawak ng espada laban sa atin.

12 Ipasasailalim natin ang ating sarili sa singkaw ng pagkaalipin kung ito ay hinihingi ng katarungan ng Diyos, o kung uutusan niya tayong gawin yaon.

13 Subalit masdan, hindi niya tayo inuutusang ipailalim natin ang ating sarili sa ating mga kaaway, kundi ang ibigay natin ang ating tiwala sa kanya, at ililigtas niya tayo.

14 Kaya nga, mahal kong kapatid, na Moroni, halina't labanan natin ang kasamaan, at kung anumang kasamaan ang hindi natin malalabanan ng ating mga salita, oo, tulad ng mga paghihimagsik at pagtiwalag, labanan natin ito ng ating mga espada, upang mapanatili natin ang ating kalayaan, upang tayo ay magalak sa dakilang pribilehiyo ng ating simbahan, at sa layunin ng ating Manunubos at ating Diyos.

They have got possession of the land, or the city, of Zarahemla; they have appointed a king over them, and he hath written unto the king of the Lamanites, in the which he hath joined an alliance with him; in the which alliance he hath agreed to maintain the city of Zarahemla, which maintenance he supposeth will enable the Lamanites to conquer the remainder of the land, and he shall be placed king over this people when they shall be conquered under the Lamanites.

And now, in your epistle you have censured me, but it mattereth not; I am not angry, but do rejoice in the greatness of your heart. I, Pahoran, do not seek for power, save only to retain my judgment-seat that I may preserve the rights and the liberty of my people. My soul standeth fast in that liberty in the which God hath made us free.

And now, behold, we will resist wickedness even unto bloodshed. We would not shed the blood of the Lamanites if they would stay in their own land.

We would not shed the blood of our brethren if they would not rise up in rebellion and take the sword against us.

We would subject ourselves to the yoke of bondage if it were requisite with the justice of God, or if he should command us so to do.

But behold he doth not command us that we shall subject ourselves to our enemies, but that we should put our trust in him, and he will deliver us.

Therefore, my beloved brother, Moroni, let us resist evil, and whatsoever evil we cannot resist with our words, yea, such as rebellions and dissensions, let us resist them with our swords, that we may retain our freedom, that we may rejoice in the great privilege of our church, and in the cause of our Redeemer and our God.

- 15 Kaya nga, mabilis kang magtungo sa akin, kasama ang ilan sa iyong mga tauhan, at iwanan ang nalalabi sa pamumuno nina Lehi at Tiansum; bigyan mo sila ng kapangyarihan na magpalakad sa digmaan sa bahaging iyan ng lupain, alinsunod sa Espiritu ng Diyos, na diwa rin ng kalayaan na nasa kanila.
- 16 Masdan, ako ay nagpadala ng kaunting pagkain sa kanila, upang hindi sila masawi hanggang sa makarating ka rito sa akin.
- 17 Mangalap ka ng mga tauhan na makakaya mo habang nagtutungo ka rito, at mabilis tayong sasalakay sa mga tumiwalag na yaon, sa lakas ng ating Diyos alinsunod sa pananampalataya na nasa atin.
- 18 At sasakupin natin ang lunsod ng Zarahemla, upang tayo ay makakuha ng marami pang pagkain na maipadadala kina Lehi at Tiansum; oo, sasalakayin natin sila sa lakas ng Panginoon, at wawakasan natin ang labis na kasamaang ito.
- 19 At ngayon, Moroni, ako ay nagagalak sa pagkakatanggap ng liham mo, sapagkat ako ay nababahala na hinggil sa kung ano ang aming gagawin, kung magiging makatarungan ba sa atin ang salakayin ang ating mga kapatid.
- 20 Subalit sinabi mo, maliban kung magsisisi sila ay inuutusan ka ng Panginoon na sila ay salakayin mo.
- 21 Tiyaking palakasin mo sina Lehi at Tiansum sa Panginoon; sabihin sa kanila na huwag silang matakot, sapagkat ililigtas sila ng Diyos, oo, at lahat din ng yaong di natitinag sa kalayaang yaon kung saan sila ginawang malaya ng Diyos. At ngayon tinatapos ko ang aking liham sa mahal kong kapatid, na si Moroni.

Therefore, come unto me speedily with a few of your men, and leave the remainder in the charge of Lehi and Teancum; give unto them power to conduct the war in that part of the land, according to the Spirit of God, which is also the spirit of freedom which is in them.

Behold I have sent a few provisions unto them, that they may not perish until ye can come unto me.

Gather together whatsoever force ye can upon your march hither, and we will go speedily against those dissenters, in the strength of our God according to the faith which is in us.

And we will take possession of the city of Zarahemla, that we may obtain more food to send forth unto Lehi and Teancum; yea, we will go forth against them in the strength of the Lord, and we will put an end to this great iniquity.

And now, Moroni, I do joy in receiving your epistle, for I was somewhat worried concerning what we should do, whether it should be just in us to go against our brethren.

But ye have said, except they repent the Lord hath commanded you that ye should go against them.

See that ye strengthen Lehi and Teancum in the Lord; tell them to fear not, for God will deliver them, yea, and also all those who stand fast in that liberty wherewith God hath made them free. And now I close mine epistle to my beloved brother, Moroni.

## Alma 62

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, nang matanggap ni Moroni ang liham, na ito ay nagpalakas ng kanyang loob, at napuspos ng labis na kagalakan dahil sa katapatan ni Pahoran, na hindi rin siya nagtaksil sa kalayaan at layunin ng kanyang bayan.
- 2 Subalit labis din siyang nagdalamhati dahil sa kasamaan ng mga yaong nagtaboy kay Pahoran mula sa hukumang-luklukan, oo, sa madaling salita, dahil sa mga yaong naghimagsik laban sa kanilang bayan at gayon din sa kanilang Diyos.
- 3 At ito ay nangyari na, na si Moroni ay nagsama ng maliit na bilang ng mga tauhan, alinsunod sa kahilingan ni Pahoran, at ibinigay kina Lehi at Tianscum ang kapangyarihan sa nalalabi sa kanyang hukbo, at siya ay humayo patungo sa lupain ng Gedeon.
- 4 At itinaas niya ang bandila ng kalayaan sa bawat lugar na kanyang pinasok, at nangalap ng ilan mang hukbo na makakaya niya sa lahat ng nilakbayan niya patungo sa lupain ng Gedeon.
- 5 At ito ay nangyari na, na libu-libo ang nagtipon sa kanyang bandila, at humawak ng kanilang espada sa pagtatanggol ng kanilang kalayaan, upang hindi sila madala sa pagkaalipin.
- 6 At sa gayon, nang makapangalap si Moroni ng ilan mang tauhan na nakaya niya sa kanyang buong paglalakbay, siya ay nagtungo sa lupain ng Gedeon; at sa pagsanib ng kanyang mga hukbo sa mga yaong kay Pahoran sila ay naging napakalakas, maging sa mas malakas pa sila sa mga tauhan ni Pacos, na siyang hari ng mga yaong tumiwalag na nagtaboy sa mga freemen palabas ng lupain ng Zarahemla at sumakop sa lupain.
- 7 At ito ay nangyari na, na sina Moroni at Pahoran ay bumaba kasama ang kanilang mga hukbo patungo sa lupain ng Zarahemla, at sinalakay ang lunsod, at hinarap ang mga tauhan ni Pacos, hanggang sa sila ay nakipagdigma.
- 8 At masdan, si Pacos ay napatay at ang kanyang mga tauhan ay mga dinalang bihag, at si Pahoran ay ibinalik sa kanyang hukumang-luklukan.

## Alma 62

And now it came to pass that when Moroni had received this epistle his heart did take courage, and was filled with exceedingly great joy because of the faithfulness of Pahoran, that he was not also a traitor to the freedom and cause of his country.

But he did also mourn exceedingly because of the iniquity of those who had driven Pahoran from the judgment-seat, yea, in fine because of those who had rebelled against their country and also their God.

And it came to pass that Moroni took a small number of men, according to the desire of Pahoran, and gave Lehi and Teancum command over the remainder of his army, and took his march towards the land of Gideon.

And he did raise the standard of liberty in whatsoever place he did enter, and gained whatsoever force he could in all his march towards the land of Gideon.

And it came to pass that thousands did flock unto his standard, and did take up their swords in the defence of their freedom, that they might not come into bondage.

And thus, when Moroni had gathered together whatsoever men he could in all his march, he came to the land of Gideon; and uniting his forces with those of Pahoran they became exceedingly strong, even stronger than the men of Pachus, who was the king of those dissenters who had driven the freemen out of the land of Zarahemla and had taken possession of the land.

And it came to pass that Moroni and Pahoran went down with their armies into the land of Zarahemla, and went forth against the city, and did meet the men of Pachus, insomuch that they did come to battle.

And behold, Pachus was slain and his men were taken prisoners, and Pahoran was restored to his judgment-seat.

9 At tinanggap ng mga tauhan ni Pacos ang kanilang hatol, alinsunod sa batas, at gayon din ang mga yaong king-men na nadakip at itinaon sa bilanguan; at sila ay pinarusahan alinsunod sa batas; oo, ang mga tauhang yaon ni Pacos at yaong mga king-men, kung sinuman ang hindi hahawak ng kanilang mga sandata sa pagtatanggol ng kanilang bayan, kundi lalabanan ito, ay ipinapatay.

10 At sa gayon kinailangan na ang batas na ito ay mahigpit na ipatupad para sa kaligtasan ng kanilang bayan; oo, at kung sinuman ang matagpuang tinatanggihan ang kanilang kalayaan ay kaagad na pinarusahan alinsunod sa batas.

11 At sa gayon nagtapos ang ikatatlumpung taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi; matapos maibalik nina Moroni at Pahoran ang kapayapaan sa lupain ng Zarahemla, sa kanilang sariling mga tao, matapos ipataw ang kamatayan sa lahat ng yaong hindi tapat sa layunin ng kalayaan.

12 At ito ay nangyari na, na sa pagsisimula ng ikatatlumpu at isang taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi, si Moroni ay kaagad nag-utos na magpadala ng mga pagkain, at isang hukbo rin ng anim na libong tauhan ay ipinadala kay Helaman, upang matulungan siya na pangalagaan ang bahaging yaon ng lupain.

13 At iniutos din niya na isang hukbo ng anim na libong tauhan, na may sapat na dami ng pagkain, ay ipadala sa mga hukbo nina Lehi at Tiantum. At ito ay nangyari na, na ito ay ginawa upang mapatibay ang lupain laban sa mga Lamanita.

14 At ito ay nangyari na, na sina Moroni at Pahoran, matapos mag-iwan ng malaking pangkat ng mga tauhan sa lupain ng Zarahemla, ay naglakbay kasama ang malaking pangkat ng mga tauhan patungo sa lupain ng Nefihas, na nagtikang paaalisin ang mga Lamanita sa lunsod na yaon.

15 At ito ay nangyari na, na habang sila ay naglalakbay patungo sa lupain, sila ay nakadakip ng malaking pangkat ng mga tauhan ng mga Lamanita, at pinatay ang marami sa kanila, at kinuha ang kanilang mga pagkain at kanilang mga sandata ng digmaan.

And the men of Pachus received their trial, according to the law, and also those king-men who had been taken and cast into prison; and they were executed according to the law; yea, those men of Pachus and those king-men, whosoever would not take up arms in the defence of their country, but would fight against it, were put to death.

And thus it became expedient that this law should be strictly observed for the safety of their country; yea, and whosoever was found denying their freedom was speedily executed according to the law.

And thus ended the thirtieth year of the reign of the judges over the people of Nephi; Moroni and Pahoran having restored peace to the land of Zarahemla, among their own people, having inflicted death upon all those who were not true to the cause of freedom.

And it came to pass in the commencement of the thirty and first year of the reign of the judges over the people of Nephi, Moroni immediately caused that provisions should be sent, and also an army of six thousand men should be sent unto Helaman, to assist him in preserving that part of the land.

And he also caused that an army of six thousand men, with a sufficient quantity of food, should be sent to the armies of Lehi and Tiantum. And it came to pass that this was done to fortify the land against the Lamanites.

And it came to pass that Moroni and Pahoran, leaving a large body of men in the land of Zarahemla, took their march with a large body of men towards the land of Nephihah, being determined to overthrow the Lamanites in that city.

And it came to pass that as they were marching towards the land, they took a large body of men of the Lamanites, and slew many of them, and took their provisions and their weapons of war.



- 16 At ito ay nangyari na, matapos nilang dakpin sila, kanilang pinapasok sila sa isang tipan na hindi na muli silang hahawak pa ng kanilang mga sandata ng digmaan laban sa mga Nephita.
- 17 At nang sila ay makipagtipan ay kanilang ipinadala sila na manirahang kasama ang mga tao ni Ammon, at sila'y may bilang na mga apat na libo na mga hindi napatay.
- 18 At ito ay nangyari na, na matapos nilang ipadala sila ay ipinagpatuloy nila ang kanilang paglalakbay patungo sa lupain ng Nefihas. At ito ay nangyari na, nang sila ay makarating sa lunsod ng Nefihas, itinayo nila ang kanilang mga tolda sa kapatagan ng Nefihas, na malapit sa lunsod ng Nefihas.
- 19 Ngayon nais ni Moroni na ang mga Lamanita ay sumalakay upang makidigma sa kanila, sa kapatagan; subalit ang mga Lamanita, nalalaman ang kanilang labis na katapangan, at namamalas ang kalakihan ng kanilang bilang, kaya nga, sila ay hindi nagtangkang sumalakay upang kalabanin sila; anupa't hindi sila sumalakay upang makidigma sa araw na yaon.
- 20 At nang sumapit ang gabi, si Moroni ay humayo sa kadiliman ng gabi, at nagtungo sa tuktok ng muog upang tiktikan kung saang bahagi ng lunsod ikinukuta ng mga Lamanita ang kanilang hukbo.
- 21 At ito ay nangyari na, na sila ay nasa silangan, malapit sa may pasukan; at silang lahat ay natutulog. At ngayon, si Moroni ay nagbalik sa kanyang hukbo, at nag-utos na kaagad silang maghanda ng matitibay na lubid at mga hagdanan, upang ibaba mula sa tuktok ng muog hanggang sa loob na bahagi ng muog.
- 22 At ito ay nangyari na, na inutusan ni Moroni na humayo ang kanyang mga tauhan at umakyat sa tuktok ng muog, at ibaba ang kanilang sarili sa bahaging yaon ng lunsod, oo, maging sa kanluran, kung saan hindi ikinuta ng mga Lamanita ang kanilang mga hukbo.
- 23 At ito ay nangyari na, na silang lahat ay nakababa sa lunsod samantalang gabi pa, sa pamamagitan ng kanilang matitibay na lubid at mga hagdanan; sa gayon, nang sumapit ang umaga silang lahat ay nasa loob na ng mga muog ng lunsod.

And it came to pass after they had taken them, they caused them to enter into a covenant that they would no more take up their weapons of war against the Nephites.

And when they had entered into this covenant they sent them to dwell with the people of Ammon, and they were in number about four thousand who had not been slain.

And it came to pass that when they had sent them away they pursued their march towards the land of Nephihah. And it came to pass that when they had come to the city of Nephihah, they did pitch their tents in the plains of Nephihah, which is near the city of Nephihah.

Now Moroni was desirous that the Lamanites should come out to battle against them, upon the plains; but the Lamanites, knowing of their exceedingly great courage, and beholding the greatness of their numbers, therefore they durst not come out against them; therefore they did not come to battle in that day.

And when the night came, Moroni went forth in the darkness of the night, and came upon the top of the wall to spy out in what part of the city the Lamanites did camp with their army.

And it came to pass that they were on the east, by the entrance; and they were all asleep. And now Moroni returned to his army, and caused that they should prepare in haste strong cords and ladders, to be let down from the top of the wall into the inner part of the wall.

And it came to pass that Moroni caused that his men should march forth and come upon the top of the wall, and let themselves down into that part of the city, yea, even on the west, where the Lamanites did not camp with their armies.

And it came to pass that they were all let down into the city by night, by the means of their strong cords and their ladders; thus when the morning came they were all within the walls of the city.

24 At ngayon, nang ang mga Lamanita ay magising at nakita na ang mga hukbo ni Moroni ay nasa loob na ng mga muog, sila ay labis na natakot, kung kaya nga't sila ay nagsipanakbuan papalabas sa may daanan.

25 At ngayon, nang makita ni Moroni na sila ay nagsisitakas palayo sa kanya, ay inutusan niyang humayo ang kanyang mga tauhan laban sa kanila, at pinatay ang marami, at pinaligiran ang marami pang iba, at dinala silang mga bihag; at ang nalalabi sa kanila ay nagsitakas patungo sa lupain ng Moroni, na nasa mga hangganan sa may dalampasigan.

26 Sa gayon nakuha nina Moroni at Pahoran ang pag-aari ng lunsod ng Nefihas na walang nawala ni isang katao; at marami sa mga Lamanita ang napatay.

27 Ngayon ito ay nangyari na, na marami sa mga Lamanita na mga bihag ang nagnais na mapabilang sa mga tao ni Ammon at maging malalayang tao.

28 At ito ay nangyari na, na kasindami ng nagnais, sa kanila'y ipinagkaloob ang naaayon sa kanilang mga naisin.

29 Anupa't, lahat ng bihag na mga Lamanita ay napabilang sa mga tao ni Ammon, at nagsimulang magpagal nang labis, binubungkal ang lupa, nagtatanim ng lahat ng uri ng butil, at mga tupahan at bakahan ng bawat uri; at sa gayon naalisan ang mga Nephita ng malaking pasanin; oo, hanggang sa sila ay mawalan na ng lahat ng bihag na mga Lamanita.

30 Ngayon ito ay nangyari na, na si Moroni, matapos niyang makuha ang pag-aari ng lunsod ng Nefihas, matapos makadakup ng maraming bihag, na nakapagbawas sa mga hukbo ng mga Lamanita nang malaki, at matapos mabawi ang marami sa mga Nephita na mga nadalang bihag, na nagpalakas sa hukbo ni Moroni nang labis-labis; kaya nga, si Moroni ay nagtungo mula sa lupain ng Nefihas sa lupain ng Lehi.

31 At ito ay nangyari na, nang makita ng mga Lamanita na si Moroni ay sumasalakay sa kanila, na muli silang natakot at nagsitakas mula sa harapan ng hukbo ni Moroni.

And now, when the Lamanites awoke and saw that the armies of Moroni were within the walls, they were affrighted exceedingly, insomuch that they did flee out by the pass.

And now when Moroni saw that they were fleeing before him, he did cause that his men should march forth against them, and slew many, and surrounded many others, and took them prisoners; and the remainder of them fled into the land of Moroni, which was in the borders by the seashore.

Thus had Moroni and Pahoran obtained the possession of the city of Nephihah without the loss of one soul; and there were many of the Lamanites who were slain.

Now it came to pass that many of the Lamanites that were prisoners were desirous to join the people of Ammon and become a free people.

And it came to pass that as many as were desirous, unto them it was granted according to their desires.

Therefore, all the prisoners of the Lamanites did join the people of Ammon, and did begin to labor exceedingly, tilling the ground, raising all manner of grain, and flocks and herds of every kind; and thus were the Nephites relieved from a great burden; yea, insomuch that they were relieved from all the prisoners of the Lamanites.

Now it came to pass that Moroni, after he had obtained possession of the city of Nephihah, having taken many prisoners, which did reduce the armies of the Lamanites exceedingly, and having regained many of the Nephites who had been taken prisoners, which did strengthen the army of Moroni exceedingly; therefore Moroni went forth from the land of Nephihah to the land of Lehi.

And it came to pass that when the Lamanites saw that Moroni was coming against them, they were again frightened and fled before the army of Moroni.

- 32 At ito ay nangyari na, na tinugis sila ni Moroni at ng kanyang hukbo sa bawat lunsod, hanggang sa makaharap nila sina Lehi at Tianskum; at ang mga Lamanita ay nagsitakas mula kina Lehi at Tianskum, maging hanggang sa mga hangganan sa may dalampasigan, hanggang sa sila ay makarating sa lupain ng Moroni.
- 33 At ang lahat ng hukbo ng mga Lamanita ay samasamang nagtipon hanggang sa silang lahat ay naging iisang hukbo sa lupain ng Moroni. Ngayon si Amoron, ang hari ng mga Lamanita, ay kasama rin nila.
- 34 At ito ay nangyari na, na sina Moroni at Lehi at Tianskum ay nagkuta kasama ang kanilang mga hukbo sa paligid sa mga hangganan ng lupain ng Moroni, hanggang sa ang mga Lamanita ay mapaligiran sa mga hangganan ng ilang sa timog, at sa mga hangganan ng ilang sa silangan.
- 35 At sa gayon sila nagkuta sa gabi. Sapagkat masdan, ang mga Nephita at ang mga Lamanita rin ay pagod dahil sa kahabaan ng paglalakbay; anupa't hindi sila nag-isip na gumawa ng pakana sa gabi, maliban kay Tianskum; sapagkat siya ay labis na nagalit kay Amoron, hanggang sa inakala niya na si Amoron, at si Amalikeo na kanyang kapatid, ang dahilan ng malaki at matagal na digmaang ito sa pagitan nila at ng mga Lamanita, na naging dahilan ng labis na digmaan at pagdanak ng dugo, oo, at masidhing taggutom.
- 36 At ito ay nangyari na, na si Tianskum sa kanyang galit ay nagtungo sa kuta ng mga Lamanita, at ibinaba ang kanyang sarili sa mga muog ng lunsod. At siya ay humayong may dalang lubid, sa bawat dako, hanggang sa natagpuan niya ang hari; at kanyang pinukol siya ng sibat, na tumuhog sa kanya sa malapit sa puso. Subalit masdan, nagising ng hari ang kanyang mga tagapagsilbi bago siya namatay, kung kaya't tinugis nila si Tianskum, at pinatay siya.
- 37 Ngayon ito ay nangyari na, nang malaman nina Lehi at Moroni na patay na si Tianskum ay labis silang nalungkot; sapagkat masdan, siya ay isang lalaking buong giting na nakipaglaban para sa kanyang bayan, oo, isang tunay na kaibigan ng kalayaan; at nagdanas siya ng napakaraming masidhing paghihirap. Subalit masdan, siya ay patay na, at yumaon ng lakad ng buong lupa.

And it came to pass that Moroni and his army did pursue them from city to city, until they were met by Lehi and Teancum; and the Lamanites fled from Lehi and Teancum, even down upon the borders by the seashore, until they came to the land of Moroni.

And the armies of the Lamanites were all gathered together, insomuch that they were all in one body in the land of Moroni. Now Ammoron, the king of the Lamanites, was also with them.

And it came to pass that Moroni and Lehi and Teancum did encamp with their armies round about in the borders of the land of Moroni, insomuch that the Lamanites were encircled about in the borders by the wilderness on the south, and in the borders by the wilderness on the east.

And thus they did encamp for the night. For behold, the Nephites and the Lamanites also were weary because of the greatness of the march; therefore they did not resolve upon any stratagem in the night-time, save it were Teancum; for he was exceedingly angry with Ammoron, insomuch that he considered that Ammoron, and Amalickiah his brother, had been the cause of this great and lasting war between them and the Lamanites, which had been the cause of so much war and bloodshed, yea, and so much famine.

And it came to pass that Teancum in his anger did go forth into the camp of the Lamanites, and did let himself down over the walls of the city. And he went forth with a cord, from place to place, insomuch that he did find the king; and he did cast a javelin at him, which did pierce him near the heart. But behold, the king did awaken his servants before he died, insomuch that they did pursue Teancum, and slew him.

Now it came to pass that when Lehi and Moroni knew that Teancum was dead they were exceedingly sorrowful; for behold, he had been a man who had fought valiantly for his country, yea, a true friend to liberty; and he had suffered very many exceedingly sore afflictions. But behold, he was dead, and had gone the way of all the earth.

38 Ngayon ito ay nangyari na, na si Moroni ay humayo kinabukasan, at sinalakay ang mga Lamanita, hanggang sa kanilang pinagpapatay sila ng labis na pagkatay; at kanilang naitaboy silang palabas ng lupain; at nagsitakas sila, maging sa hindi na sila bumalik pa sa panahong yaon laban sa mga Nephita.

39 At sa gayon nagtapos ang ikatatlumpu at isang taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi; at sa gayon sila nagkaroon ng mga digmaan, at pagdadanak ng dugo, at taggutom, at paghihirap, sa loob ng maraming taon.

40 At nagkaroon ng mga pagpaslang, at alitan, at pagtiwalag, at lahat ng uri ng kasamaan sa mga tao ni Nephi; gayon pa man alang-alang sa mabubuti, oo, dahil sa mga panalangin ng mabubuti, sila ay naligtas.

41 Subalit masdan, dahil sa labis na katagalan ng digmaan na namagitan sa mga Nephita at sa mga Lamanita ay marami ang naging matitigas, dahil sa labis na katagalan ng digmaan; at marami ang napalambot dahil sa kanilang paghihirap, kung kaya nga't sila ay nagpakumbaba sa harapan ng Diyos, maging sa kailaliman ng pagpapakumbaba.

42 At ito ay nangyari na, na matapos patibayin ni Moroni ang mga bahaging yaon ng lupain na pinakalantad sa mga Lamanita, hanggang sa maging sapat ang kanilang lakas, siya ay nagbalik sa lunsod ng Zarahemla; at nagbalik din si Helaman sa lugar na kanyang mana; at muling naitatag ang kapayapaan sa mga tao ni Nephi.

43 At ibinigay ni Moroni ang kapangyarihan sa kanyang mga hukbo sa mga kamay ng kanyang anak, na nagngangalang Moronihah; at siya ay namahinga sa kanyang sariling tahanan upang magugol niya ang nalalabi sa kanyang mga araw sa kapayapaan.

44 At si Pahoran ay nagbalik sa kanyang hukumang-luklukan; at si Helaman ay muling nagbalik sa pangangaral sa mga tao ng salita ng Diyos; sapagkat sa dami ng digmaan at alitan ay kinailangang magkaroon muli ng alituntunin sa simbahan.

Now it came to pass that Moroni marched forth on the morrow, and came upon the Lamanites, inso-much that they did slay them with a great slaughter; and they did drive them out of the land; and they did flee, even that they did not return at that time against the Nephites.

And thus ended the thirty and first year of the reign of the judges over the people of Nephi; and thus they had had wars, and bloodsheds, and famine, and affliction, for the space of many years.

And there had been murders, and contentions, and dissensions, and all manner of iniquity among the people of Nephi; nevertheless for the righteous' sake, yea, because of the prayers of the righteous, they were spared.

But behold, because of the exceedingly great length of the war between the Nephites and the Lamanites many had become hardened, because of the exceedingly great length of the war; and many were softened because of their afflictions, insomuch that they did humble themselves before God, even in the depth of humility.

And it came to pass that after Moroni had fortified those parts of the land which were most exposed to the Lamanites, until they were sufficiently strong, he returned to the city of Zarahemla; and also Helaman returned to the place of his inheritance; and there was once more peace established among the people of Nephi.

And Moroni yielded up the command of his armies into the hands of his son, whose name was Moronihah; and he retired to his own house that he might spend the remainder of his days in peace.

And Pahoran did return to his judgment-seat; and Helaman did take upon him again to preach unto the people the word of God; for because of so many wars and contentions it had become expedient that a regulation should be made again in the church.

45 Kaya nga, si Helaman at ang kanyang mga kapatid ay humayo, at ipinahayag ang salita ng Diyos nang may labis na kapangyarihan hanggang sa mapaniwala ang maraming tao sa kanilang kasamaan, na naghimok sa kanila na pagsisihan ang kanilang mga kasalanan at magpabinyag sa Panginoon nilang Diyos.

46 At ito ay nangyari na, na muli nilang itinatag ang simbahan ng Diyos, sa lahat ng dako ng buong lupain.

47 Oo, at gumawa ng mga alituntunin hinggil sa batas. At ang kanilang mga hukom, at ang kanilang mga punong hukom ay pinili.

48 At ang mga tao ni Nephi ay nagsimulang muling umunlad sa lupain, at nagsimulang dumami at muling maging makapangyarihan sa lupain. At nagsimula silang magsiyaman nang labis.

49 Subalit sa kabila ng kanilang mga kayamanan, o ng kanilang lakas, o ng kanilang kasaganaan, hindi sila iniangat sa kapalaluan ng kanilang mga paningin; ni hindi sila naging mabagal sa pag-aalaala sa Panginoon nilang Diyos kundi sila ay nagpakumbaba nang labis sa kanyang harapan.

50 Oo, naalaala nila ang mabubuting bagay na ginawa ng Panginoon para sa kanila, na kanyang iniligtas sila mula sa kamatayan, at mula sa mga gapos, at mula sa mga bilangguan, at mula sa lahat ng uri ng paghihirap; at kanyang iniligtas sila mula sa mga kamay ng kanilang mga kaaway.

51 At patuloy silang nanalangin sa Panginoon nilang Diyos, kung kaya nga't pinagpala sila ng Panginoon, alinsunod sa kanyang salita, upang sila ay maging makapangyarihan at umunlad sa lupain.

52 At ito ay nangyari na, na ang lahat ng ito ay naganap. At si Helaman ay namatay, sa ikatatlumpu at limang taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.

Therefore, Helaman and his brethren went forth, and did declare the word of God with much power unto the convincing of many people of their wickedness, which did cause them to repent of their sins and to be baptized unto the Lord their God.

And it came to pass that they did establish again the church of God, throughout all the land.

Yea, and regulations were made concerning the law. And their judges, and their chief judges were chosen.

And the people of Nephi began to prosper again in the land, and began to multiply and to wax exceedingly strong again in the land. And they began to grow exceedingly rich.

But notwithstanding their riches, or their strength, or their prosperity, they were not lifted up in the pride of their eyes; neither were they slow to remember the Lord their God; but they did humble themselves exceedingly before him.

Yea, they did remember how great things the Lord had done for them, that he had delivered them from death, and from bonds, and from prisons, and from all manner of afflictions, and he had delivered them out of the hands of their enemies.

And they did pray unto the Lord their God continually, insomuch that the Lord did bless them, according to his word, so that they did wax strong and prosper in the land.

And it came to pass that all these things were done. And Helaman died, in the thirty and fifth year of the reign of the judges over the people of Nephi.

## Alma 63

- 1 At ito ay nangyari na, na sa pagsisimula ng ikatatlumpu at anim na taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi, na kinuha ni Siblon ang pag-iingat ng mga banal na bagay na yaon na ibinigay kay Helaman ni Alma.
- 2 At siya'y isang makatarungang tao, at lumakad siya nang matwid sa harapan ng Diyos; at pinagsikapang niyang patuloy na gumawa ng mabuti, sinusunod ang mga kautusan ng Panginoon niyang Diyos; at gayon din ang kanyang kapatid.
- 3 At ito ay nangyari na, na si Moroni ay namatay na rin. At sa gayon nagtapos ang ikatatlumpu at anim na taon ng panunungkulan ng mga hukom.
- 4 At ito ay nangyari na, na sa ikatatlumpu at pitong taon ng panunungkulan ng mga hukom, ay may malaking pangkat ng kalalakihan, maging hanggang sa bilang na limang libo at apat na raang katao, kasama ang kanilang mga asawa at kanilang mga anak, ang lumisan sa lupain ng Zarahemla patungo sa lupaing pahilaga.
- 5 At ito ay nangyari na, na si Hagot, siya na labis na mausisang lalaki, kaya nga, siya ay humayo at gumawa ng napakalaking sasakyang-dagat, sa mga hangganan ng lupaing Masagana, sa may lupaing Kapanglawan, at pinalayag ito sa may kanlurang dagat, sa may makitid na daanan na tumutuloy sa lupaing pahilaga.
- 6 At masdan, marami sa mga Nephita ang pumasok doon at naglayag na may dalang maraming pagkain, at marami ring kababaihan at maliliit na bata; at tinahak nila ang kanilang landas na pahilaga. At sa gayon nagtapos ang ikatatlumpu at pitong taon.
- 7 At sa ikatatlumpu at walong taon, ang lalaking ito ay gumawa ng iba pang mga sasakyang-dagat. At ang naunang sasakyang-dagat ay nagbalik din, at marami pang tao ang pumasok dito; at nagdala rin sila ng maraming pagkain, at muling naglayag patungo sa lupaing pahilaga.
- 8 At ito ay nangyari na, na wala nang narinig pa hinggil sa kanila. At inakala naming sila ay nangalunod sa kailaliman ng dagat. At ito ay nangyari na, na isa pang sasakyang-dagat ang naglayag din; at kung saan man ito nagtungo ay hindi namin nalalaman.

## Alma 63

And it came to pass in the commencement of the thirty and sixth year of the reign of the judges over the people of Nephi, that Shiblön took possession of those sacred things which had been delivered unto Helaman by Alma.

And he was a just man, and he did walk uprightly before God; and he did observe to do good continually, to keep the commandments of the Lord his God; and also did his brother.

And it came to pass that Moroni died also. And thus ended the thirty and sixth year of the reign of the judges.

And it came to pass that in the thirty and seventh year of the reign of the judges, there was a large company of men, even to the amount of five thousand and four hundred men, with their wives and their children, departed out of the land of Zarahemla into the land which was northward.

And it came to pass that Hagot, he being an exceedingly curious man, therefore he went forth and built him an exceedingly large ship, on the borders of the land Bountiful, by the land Desolation, and launched it forth into the west sea, by the narrow neck which led into the land northward.

And behold, there were many of the Nephites who did enter therein and did sail forth with much provisions, and also many women and children; and they took their course northward. And thus ended the thirty and seventh year.

And in the thirty and eighth year, this man built other ships. And the first ship did also return, and many more people did enter into it; and they also took much provisions, and set out again to the land northward.

And it came to pass that they were never heard of more. And we suppose that they were drowned in the depths of the sea. And it came to pass that one other ship also did sail forth; and whither she did go we know not.

- 9 At ito ay nangyari na, na sa taong ito ay maraming tao ang nagtungo sa lupaing pahilaga. At sa gayon nagtapos ang ikatatlumpu at walong taon.
- 10 At ito ay nangyari na, na sa ikatatlumpu at siyam na taon ng panunungkulan ng mga hukom, si Siblon ay namatay na rin, at si Corianton ay nagtungo sa lupaing pahilaga sa isang sasakyang-dagat, upang magdala ng pagkain sa mga taong nagtungo sa lupaing yaon.
- 11 Anupa't kinailangang igawad ni Siblon ang mga banal na bagay na yaon, bago ang kanyang kamatayan, sa anak ni Helaman, na nagnangalang Helaman, na tinawag alinsunod sa pangalan ng kanyang ama.
- 12 Ngayon masdan, ang lahat ng nauukit na nasa pag-iingat ni Helaman ay isinulat at ipinahayag sa mga anak ng tao sa lahat ng dako ng buong lupain, maliban sa mga bahaging yaon na ipinag-utos ni Alma na hindi nararapat na ipahayag.
- 13 Gayon pa man, ang mga bagay na ito ay pananatilihing banal, at ipapasa-pasa sa bawat salit salinlahi; kaya nga, sa taong ito, ang mga ito ay iginawad kay Helaman, bago ang kamatayan ni Siblon.
- 14 At ito rin ay nangyari na, na sa taong ito, may ilan-ilang tumiwalag na nakiisa sa mga Lamanita; at sila ay muling napukaw na magalit laban sa mga Nephita.
- 15 At sa taon ding ito'y sumalakay sila nang may napakalaking hukbo upang makidigma laban sa mga tao ni Moronihah, o laban sa hukbo ni Moronihah, kung saan sila ay nagapi at muling naitaboy sa kanilang sariling mga lupain, na nagdanas ng malaking kawalan.
- 16 At sa gayon nagtapos ang ikatatlumpu at siyam na taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.
- 17 At sa gayon nagtapos ang ulat ni Alma, at ni Helaman, na kanyang anak, at ni Siblon din, na anak niya.

And it came to pass that in this year there were many people who went forth into the land northward. And thus ended the thirty and eighth year.

And it came to pass in the thirty and ninth year of the reign of the judges, Shiblón died also, and Corianton had gone forth to the land northward in a ship, to carry forth provisions unto the people who had gone forth into that land.

Therefore it became expedient for Shiblón to confer those sacred things, before his death, upon the son of Helaman, who was called Helaman, being called after the name of his father.

Now behold, all those engravings which were in the possession of Helaman were written and sent forth among the children of men throughout all the land, save it were those parts which had been commanded by Alma should not go forth.

Nevertheless, these things were to be kept sacred, and handed down from one generation to another; therefore, in this year, they had been conferred upon Helaman, before the death of Shiblón.

And it came to pass also in this year that there were some dissenters who had gone forth unto the Lamanites; and they were stirred up again to anger against the Nephites.

And also in this same year they came down with a numerous army to war against the people of Moronihah, or against the army of Moronihah, in the which they were beaten and driven back again to their own lands, suffering great loss.

And thus ended the thirty and ninth year of the reign of the judges over the people of Nephi.

And thus ended the account of Alma, and Helaman his son, and also Shiblón, who was his son.

# Ang Aklat ni Helaman

*Isang ulat ng mga Nephita. Ang kanilang mga digmaan at alitan, at kanilang mga pagtitiwalag. At gayon din ang mga propesiya ng maraming banal na propeta, bago ang pagparito ni Cristo, ayon sa mga talaan ni Helaman, na anak ni Helaman, at ayon din sa mga talaan ng kanyang mga anak, maging hanggang sa pagparito ni Cristo. At marami rin sa mga Lamanita ang nagbalik-loob. Isang ulat ng kanilang pagbabalik-loob. Isang ulat ng kabutihan ng mga Lamanita, at ng kasamaan at mga karumal-dumal na gawain ng mga Nephita, ayon sa talaan ni Helaman at ng kanyang mga anak, maging hanggang sa pagparito ni Cristo, na tinatawag na aklat ni Helaman.*

## Helaman 1

- 1 At ngayon masdan, ito ay nangyari na, na sa pagsisimula ng ikaapatnapung taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi, na nagsimulang magkaroon ng malubhang suliranin sa mga tao ng mga Nephita.
- 2 Sapagkat masdan, si Pahoran ay namatay na, at yumaon ng lakad ng buong lupa; anupa't nagsimulang magkaroon ng malubhang alitan hinggil sa kung sino ang nararapat humalili sa hukumang-luklukan sa magkakapatid, na mga anak na lalaki ni Pahoran.
- 3 Ngayon, ito ang kanilang mga pangalan na naglalaban-laban para sa hukumang-luklukan, na naging dahilan din ng paglalaban-laban ng mga tao: sina Pahoran, Paanchi, at Pacumeni.
- 4 Ngayon hindi lamang ito ang mga anak ni Pahoran (sapagkat marami siyang anak), subalit sila itong naglalaban-laban para sa hukumang-luklukan; anupa't sila ay naging dahilan ng tatlong paghahati-hati sa mga tao.
- 5 Gayon pa man, ito ay nangyari na, na si Pahoran ang hinirang ng tinig ng mga tao na maging punong hukom at gobernador sa mga tao ni Nephi.
- 6 At ito ay nangyari na, na si Pacumeni, nang matanto niya na hindi niya matatamo ang hukumang-luklukan, siya ay nakiisa sa tinig ng mga tao.

# The Book of Helaman

*An account of the Nephites. Their wars and contentions, and their dissensions. And also the prophecies of many holy prophets, before the coming of Christ, according to the records of Helaman, who was the son of Helaman, and also according to the records of his sons, even down to the coming of Christ. And also many of the Lamanites are converted. An account of their conversion. An account of the righteousness of the Lamanites, and the wickedness and abominations of the Nephites, according to the record of Helaman and his sons, even down to the coming of Christ, which is called the book of Helaman, and so forth.*

## Helaman 1

And now behold, it came to pass in the commencement of the fortieth year of the reign of the judges over the people of Nephi, there began to be a serious difficulty among the people of the Nephites.

For behold, Pahoran had died, and gone the way of all the earth; therefore there began to be a serious contention concerning who should have the judgment-seat among the brethren, who were the sons of Pahoran.

Now these are their names who did contend for the judgment-seat, who did also cause the people to contend: Pahoran, Paanchi, and Pacumeni.

Now these are not all the sons of Pahoran (for he had many), but these are they who did contend for the judgment-seat; therefore, they did cause three divisions among the people.

Nevertheless, it came to pass that Pahoran was appointed by the voice of the people to be chief judge and a governor over the people of Nephi.

And it came to pass that Pacumeni, when he saw that he could not obtain the judgment-seat, he did unite with the voice of the people.



- 7 Subalit masdan, si Paanchi, at yaong bahagi ng mga tao na nagnanais na siya ang kanilang maging gobernador, ay labis na napoot; kaya nga, hahayo na sana siya upang hibuking palayo ang mga taong yaon na mag-aklas sa paghihimagsik laban sa kanilang kapatid.
- 8 At ito ay nangyari na, nang gagawin na niya ito, masdan, siya ay dinakip, at nilitis alinsunod sa tinig ng mga tao, at hinatulan ng kamatayan; sapagkat siya ay nag-aklas sa paghihimagsik at hinangad na wasakin ang kalayaan ng mga tao.
- 9 Ngayon, nang matanto ng mga yaong taong nagnanais na siya ang kanilang maging gobernador na siya ay hinatulan ng kamatayan, samakatwid sila ay nagalit, at masdan, sila ay nagpasugo ng isang Kiskumen, maging sa hukumang-luklukan ni Pahoran, at pinaslang si Pahoran habang siya ay nakaupo sa hukumang-luklukan.
- 10 At siya ay tinugis ng mga tagapagsilbi ni Pahoran; subalit masdan, napakabilis ng pagtakas ni Kiskumen na walang sinuman ang nakahabol sa kanya.
- 11 At siya ay nagtungo sa mga yaong nagsugo sa kanya, at silang lahat ay nakipagtipan, oo, nangangako sa kanilang walang hanggang Lumikha, na hindi nila sasabihin sa kanino man na pinaslang ni Kiskumen si Pahoran.
- 12 Anupa't si Kiskumen ay hindi nakilala sa mga tao ni Nephi, sapagkat siya'y nakabalatkayo sa panahong pinaslang niya si Pahoran. At si Kiskumen at ang kanyang pangkat, na nakipagtipan sa kanya, ay inihalubilo ang kanilang sarili sa mga tao, sa kaparaanang silang lahat ay hindi matutuklasan; subalit kasindami ng natuklasan ay hinatulan ng kamatayan.
- 13 At ngayon masdan, si Pacumeni ay hinirang, alinsunod sa tinig ng mga tao, na maging punong hukom at gobernador sa mga tao, upang manungkulang kahalili ng kanyang kapatid na si Pahoran; at ito ay alinsunod sa kanyang karapatan. At ang lahat ng ito ay naganap sa ikaapatnapung taon ng panunungkulan ng mga hukom; at ito ay nagtapos.

But behold, Paanchi, and that part of the people that were desirous that he should be their governor, was exceedingly wroth; therefore, he was about to flatter away those people to rise up in rebellion against their brethren.

And it came to pass as he was about to do this, behold, he was taken, and was tried according to the voice of the people, and condemned unto death; for he had raised up in rebellion and sought to destroy the liberty of the people.

Now when those people who were desirous that he should be their governor saw that he was condemned unto death, therefore they were angry, and behold, they sent forth one Kishkumen, even to the judgment-seat of Pahoran, and murdered Pahoran as he sat upon the judgment-seat.

And he was pursued by the servants of Pahoran; but behold, so speedy was the flight of Kishkumen that no man could overtake him.

And he went unto those that sent him, and they all entered into a covenant, yea, swearing by their everlasting Maker, that they would tell no man that Kishkumen had murdered Pahoran.

Therefore, Kishkumen was not known among the people of Nephi, for he was in disguise at the time that he murdered Pahoran. And Kishkumen and his band, who had covenanted with him, did mingle themselves among the people, in a manner that they all could not be found; but as many as were found were condemned unto death.

And now behold, Pacumeni was appointed, according to the voice of the people, to be a chief judge and a governor over the people, to reign in the stead of his brother Pahoran; and it was according to his right. And all this was done in the fortieth year of the reign of the judges; and it had an end.

- 14 At ito ay nangyari na, na sa ikaapatnapu at isang taon ng panunungkulan ng mga hukom, na nangalap ng di mabilang na hukbo ng mga tauhan ang mga Lamanita, at sinandatahan sila ng mga espada, at ng mga simitar at ng mga busog, at ng mga palaso, at ng mga baluti sa ulo, at ng mga baluti sa dibdib, at ng lahat ng uri ng pananggalang ng bawat uri.
- 15 At muli silang sumalakay upang sumagupa sa digmaan laban sa mga Nephita. At sila ay pinamunuan ng isang lalaki na nagngangalang Coriantumer; at siya ay inapo ni Zarahemla; at isa siyang tumiwalag mula sa mga Nephita; at isa siyang malaki at malakas na lalaki.
- 16 Kaya nga, ang hari ng mga Lamanita, na ang pangalan ay Tubalot, na anak na lalaki ni Amoron, sa pag-aakala na si Coriantumer, sapagkat isang malakas na lalaki, ay maaaring manaig sa mga Nephita, sa pamamagitan ng kanyang lakas at gayon din sa pamamagitan ng kanyang kahanga-hangang karunungan, kung kaya nga't sa pamamagitan ng pagpapasugo sa kanya ay matamo niya ang kapangyarihan sa mga Nephita—
- 17 Kung kaya nga't kanyang pinukaw sila na magalit, at kinalap niya ang kanyang mga hukbo, at hinirang niya si Coriantumer na maging pinuno nila, at pinahayo sila patungo sa lupain ng Zarahemla upang makidigma laban sa mga Nephita.
- 18 At ito ay nangyari na, na dahil sa labis na alitan at maraming suliranin sa pamahalaan, na hindi sila nakapagtalaga ng sapat na bantay sa lupain ng Zarahemla; sapagkat inakala nila na ang mga Lamanita ay hindi magtatangkang pasukin ang pusod ng kanilang mga lupain upang lusubin ang yaong malaking lunsod ng Zarahemla.
- 19 Subalit ito ay nangyari na, na si Coriantumer ay humayo sa unahan ng kanyang napakalaking hukbo, at sinalakay ang mga naninirahan sa lunsod, at naging napakabilis ng kanilang pagsulong na wala nang panahon pa upang makalap ng mga Nephita ang kanilang mga hukbo.
- 20 Samakatwid pinatay ni Coriantumer ang bantay sa pasukan ng lunsod, at humayong kasama ang kanyang buong hukbo patungo sa lunsod, at pinatay nila ang lahat ng humadlang sa kanila, hanggang sa maangkin nila ang buong lunsod.

And it came to pass in the forty and first year of the reign of the judges, that the Lamanites had gathered together an innumerable army of men, and armed them with swords, and with cimeters and with bows, and with arrows, and with head-plates, and with breastplates, and with all manner of shields of every kind.

And they came down again that they might pitch battle against the Nephites. And they were led by a man whose name was Coriantumr; and he was a descendant of Zarahemla; and he was a dissenter from among the Nephites; and he was a large and a mighty man.

Therefore, the king of the Lamanites, whose name was Tubaloth, who was the son of Ammoron, supposing that Coriantumr, being a mighty man, could stand against the Nephites, with his strength and also with his great wisdom, insomuch that by sending him forth he should gain power over the Nephites—

Therefore he did stir them up to anger, and he did gather together his armies, and he did appoint Coriantumr to be their leader, and did cause that they should march down to the land of Zarahemla to battle against the Nephites.

And it came to pass that because of so much contention and so much difficulty in the government, that they had not kept sufficient guards in the land of Zarahemla; for they had supposed that the Lamanites durst not come into the heart of their lands to attack that great city Zarahemla.

But it came to pass that Coriantumr did march forth at the head of his numerous host, and came upon the inhabitants of the city, and their march was with such exceedingly great speed that there was no time for the Nephites to gather together their armies.

Therefore Coriantumr did cut down the watch by the entrance of the city, and did march forth with his whole army into the city, and they did slay every one who did oppose them, insomuch that they did take possession of the whole city.

- 21 At ito ay nangyari na, na si Pacumeni, na siyang punong hukom, ay tumakas sa harapan ni Coriantumer, maging hanggang sa mga pader ng lunsod. At ito ay nangyari na, na inihampas siya ni Coriantumer sa pader, hanggang sa siya ay mamatay. At sa gayon nagtapos ang mga araw ni Pacumeni.
- 22 At ngayon, nang matanto ni Coriantumer na nasa pag-aari na niya ang lunsod ng Zarahemla, at nakitang nagsisitakas ang mga Nephita sa kanilang harapan, at mga napatay, at nadakip, at itinapon sa bilangguan, at na nakamtan niya ang pag-aari ng pinakamalakas na muog sa buong lupain, na siya ay nagkalakas-loob hanggang sa pasugod na sana siya sa lahat ng lupain.
- 23 At ngayon hindi siya nanatili sa lupain ng Zarahemla, kundi humayo siyang kasama ang isang malaking hukbo, maging patungo sa lunsod ng Masagana; sapagkat matibay ang hangarin niyang sumalakay at marating ang kanyang paroroonan sa pamamagitan ng espada, upang matamo niya ang mga hilagang bahagi ng lupain.
- 24 At, sa pag-aakala na ang kanilang pinaka-lakas ay nasa gitna ng lupain, kaya nga siya ay humayo, hindi nagbigay ng panahon sa kanila upang sama-samang matipon ang kanilang sarili maliban lamang sa maliliit na pangkat; at sa pamamaraang ito kanilang sinalakay sila at pinabagsak sila sa lupa.
- 25 Subalit masdan, ang paghayong ito ni Coriantumer sa gitna ng lupain ang nagbigay kay Moronihah ng malaking kalamangan sa kanila, sa kabila ng malaking bilang ng mga Nephita na napatay.
- 26 Sapagkat masdan, inakala ni Moronihah na ang mga Lamanites ay hindi magtatangkang pasukin ang gitna ng lupain, kundi sasalakayin nila ang mga lunsod sa paligid na nasa mga hangganan tulad ng kanilang ginawa noon; kaya nga pinapangyari ni Moronihah na ang kanilang malakas na hukbo ay pangalagaan ang mga yaong bahagi na nasa paligid na malapit sa mga hangganan.

And it came to pass that Pacumeni, who was the chief judge, did flee before Coriantumr, even to the walls of the city. And it came to pass that Coriantumr did smite him against the wall, insomuch that he died. And thus ended the days of Pacumeni.

And now when Coriantumr saw that he was in possession of the city of Zarahemla, and saw that the Nephites had fled before them, and were slain, and were taken, and were cast into prison, and that he had obtained the possession of the strongest hold in all the land, his heart took courage insomuch that he was about to go forth against all the land.

And now he did not tarry in the land of Zarahemla, but he did march forth with a large army, even towards the city of Bountiful; for it was his determination to go forth and cut his way through with the sword, that he might obtain the north parts of the land.

And, supposing that their greatest strength was in the center of the land, therefore he did march forth, giving them no time to assemble themselves together save it were in small bodies; and in this manner they did fall upon them and cut them down to the earth.

But behold, this march of Coriantumr through the center of the land gave Moronihah great advantage over them, notwithstanding the greatness of the number of the Nephites who were slain.

For behold, Moronihah had supposed that the Lamanites durst not come into the center of the land, but that they would attack the cities round about in the borders as they had hitherto done; therefore Moronihah had caused that their strong armies should maintain those parts round about by the borders.

- 27 Subalit masdan, ang mga Lamanita ay hindi natakot alinsunod sa kanyang nais, kundi pinasok nila ang gitna ng lupain, at sinakop ang kabisera na lunsod ng Zarahemla, at humayo sa mga pinakakabiserang bahagi ng lupain, pinapatay ang mga tao ng isang malaking pagkatay, kapwa kalalakihan, kababaihan at maliliit na bata, inaangkin ang maraming lunsod at maraming muog.
- 28 Subalit nang matuklasan ito ni Moronihah, kaagad niyang isinugo si Lehi na kasama ang hukbo sa paligid upang hadlangan sila bago sila makarating sa lupaing Masagana.
- 29 At gayon nga ang ginawa niya; at kanyang nahadlangan sila bago sila nakarating sa lupaing Masagana, at nakidigma sa kanila, hanggang sa nagsimula silang magsiurong patungo sa lupain ng Zarahemla.
- 30 At ito ay nangyari na, na hinadlangan sila ni Moronihah sa kanilang pag-urong, at nakidigma sa kanila, hanggang sa ito ay naging isang labis na madugong digmaan; oo, marami ang napatay, at natagpuan ding kabilang sa mga yaong napatay si Coriantumer.
- 31 At ngayon, masdan, ang mga Lamanita ay hindi makaurong saan mang panig, ni sa hilaga, ni sa timog, ni sa silangan, ni sa kanluran man, sapagkat sila ay napaligiran sa lahat ng panig ng mga Nephites.
- 32 At sa gayon pinasugod ni Coriantumer ang mga Lamanita sa gitna ng mga Nephites, hanggang sa sila ay mapailalim sa kapangyarihan ng mga Nephites, at siya mismo ay napatay, at isinuko ng mga Lamanita ang kanilang sarili sa mga kamay ng mga Nephites.
- 33 At ito ay nangyari na, na inangking muli ni Moronihah ang lunsod ng Zarahemla, at pinapangyari na ang mga Lamanita na mga nadalang bihag ay paalisin nang mapayapa sa lupain.
- 34 At sa gayon nagtapos ang ikaapatnapu at isang taon ng panunungkulan ng mga hukom.

But behold, the Lamanites were not frightened according to his desire, but they had come into the center of the land, and had taken the capital city which was the city of Zarahemla, and were marching through the most capital parts of the land, slaying the people with a great slaughter, both men, women, and children, taking possession of many cities and of many strongholds.

But when Moronihah had discovered this, he immediately sent forth Lehi with an army round about to head them before they should come to the land Bountiful.

And thus he did; and he did head them before they came to the land Bountiful, and gave unto them battle, insomuch that they began to retreat back towards the land of Zarahemla.

And it came to pass that Moronihah did head them in their retreat, and did give unto them battle, insomuch that it became an exceedingly bloody battle; yea, many were slain, and among the number who were slain Coriantumer was also found.

And now, behold, the Lamanites could not retreat either way, neither on the north, nor on the south, nor on the east, nor on the west, for they were surrounded on every hand by the Nephites.

And thus had Coriantumer plunged the Lamanites into the midst of the Nephites, insomuch that they were in the power of the Nephites, and he himself was slain, and the Lamanites did yield themselves into the hands of the Nephites.

And it came to pass that Moronihah took possession of the city of Zarahemla again, and caused that the Lamanites who had been taken prisoners should depart out of the land in peace.

And thus ended the forty and first year of the reign of the judges.

## Helaman 2

- 1 At ito ay nangyari na, na sa ikaapatnapu at dalawang taon ng panunungkulan ng mga hukom, matapos na muling maitatag ni Moronihah ang kapayapaan sa pagitan ng mga Nephita at ng mga Lamanita, masdan, wala ni isa man ang maaaring manungkulan sa hukumang-luklukan; anupa't nagsimulang magkaroong muli ng alitan sa mga tao hinggil sa kung sino ang manunungkulan sa hukumang-luklukan.
- 2 At ito ay nangyari na, na si Helaman, na anak ni Helaman, ay hinirang na manungkulan sa hukumang-luklukan, sa pamamagitan ng tinig ng mga tao.
- 3 Subalit masdan, si Kiskumen, na siyang pumaslang kay Pahoran, ay nag-abang upang mapatay rin niya si Helaman; at siya ay itinaguyod ng kanyang pangkat, na mga nakipagtipan na walang sinumang makaaalam ng kanyang kasamaan.
- 4 Sapangkat may isang Gadianton, na napakabihasa sa maraming salita, at gayon din sa kanyang katusuhan, upang ipagpatuloy ang lihim na gawain ng pagpaslang at ng panloloob; anupa't siya ang naging pinuno ng pangkat ni Kiskumen.
- 5 Anupa't kanyang hinibok sila, at gayon din si Kiskumen, na kung kanilang iuupo siya sa hukumang-luklukan ay ipagkakaloob niya sa mga yaong nabibilang sa kanyang pangkat na iluklok sila sa kapangyarihan at karapatan sa mga tao; kung kaya't hinangad ni Kiskumen na patayin si Helaman.
- 6 At ito ay nangyari na, nang siya ay humayo patungo sa hukumang-luklukan upang patayin si Helaman, masdan, isa sa mga tagapagsilbi ni Helaman, na lumabas sa gabi, at matapos matamo, sa pamamagitan ng pagbabalatkayo, ang kaalaman ng mga yaong plano na inilatag ng pangkat na ito upang patayin si Helaman—
- 7 At ito ay nangyari na, na nakatagpo niya si Kiskumen, at kanyang binigyan siya ng palatandaan; kaya nga ipinaalam sa kanya ni Kiskumen ang layunin ng kanyang naisin, hinihiling na kanyang samahan siya sa hukumang-luklukan upang mapaslang niya si Helaman.

## Helaman 2

And it came to pass in the forty and second year of the reign of the judges, after Moronihah had established again peace between the Nephites and the Lamanites, behold there was no one to fill the judgment-seat; therefore there began to be a contention again among the people concerning who should fill the judgment-seat.

And it came to pass that Helaman, who was the son of Helaman, was appointed to fill the judgment-seat, by the voice of the people.

But behold, Kishkumen, who had murdered Pahoran, did lay wait to destroy Helaman also; and he was upheld by his band, who had entered into a covenant that no one should know his wickedness.

For there was one Gadianton, who was exceedingly expert in many words, and also in his craft, to carry on the secret work of murder and of robbery; therefore he became the leader of the band of Kishkumen.

Therefore he did flatter them, and also Kishkumen, that if they would place him in the judgment-seat he would grant unto those who belonged to his band that they should be placed in power and authority among the people; therefore Kishkumen sought to destroy Helaman.

And it came to pass as he went forth towards the judgment-seat to destroy Helaman, behold one of the servants of Helaman, having been out by night, and having obtained, through disguise, a knowledge of those plans which had been laid by this band to destroy Helaman—

And it came to pass that he met Kishkumen, and he gave unto him a sign; therefore Kishkumen made known unto him the object of his desire, desiring that he would conduct him to the judgment-seat that he might murder Helaman.

- 8 At nang malaman ng tagapagsilbi ni Helaman ang lahat ng nasa puso ni Kiskumen, at kung paanong layunin niya ang pumaslang, at na ang layunin din ng lahat ng yaong nabibilang sa kanyang pangkat ay pumaslang, at manloob, at magtamo ng kapangyarihan, (at ito ang lihim nilang plano, at kanilang pagsasabwatan) na sinabi ng tagapagsilbi ni Helaman kay Kiskumen: Halina't tayo ay magtungo sa hukumang-luklukan.
- 9 Ngayon labis itong ikinasiya ni Kiskumen, sapagkat inakala niyang maisasagawa niya ang kanyang layunin; subalit masdan, ang tagapagsilbi ni Helaman, habang patungo sila sa hukumang-luklukan, ay sinaksak si Kiskumen maging sa puso, kaya't bumagsak siyang patay nang walang pagdaing. At siya ay tumakbo at sinabi kay Helaman ang lahat ng bagay na kanyang nakita, at narinig, at nagawa.
- 10 At ito ay nangyari na, na si Helaman ay nagpasugo upang dakpin ang pangkat na ito ng mga tulisan at lihim na mamamatay-tao, upang sila ay maparusahan alinsunod sa batas.
- 11 Subalit masdan, nang matuklasan ni Gadianton na si Kiskumen ay hindi nakabalik siya ay natakot na baka siya ay patayin; kaya nga pinasunod niya sa kanya ang kanyang pangkat. At nagsitakas silang palabas ng lupain, sa isang lihim na daan, patungo sa ilang; at sa gayon nang magpasugo si Helaman upang dakpin sila ay hindi na sila matagpuan.
- 12 At marami pa hinggil sa Gadiantong ito ang babanggitin pagkaraan nito. At sa gayon nagtapos ang ikaapatnapu at dalawang taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.
- 13 At masdan, makikita ninyo sa katapusan ng aklat na ito na ang Gadiantong ito ang nagpatunay sa pagbagsak, oo, halos sa ganap na pagkalipol ng mga tao ni Nephi.
- 14 Masdan hindi ko ibig sabihin ang katapusan ng aklat ni Helaman, kundi ibig kong sabihin ang katapusan ng aklat ni Nephi, kung saan ko hinangong lahat ang ulat na aking isinulat.

And when the servant of Helaman had known all the heart of Kishkumen, and how that it was his object to murder, and also that it was the object of all those who belonged to his band to murder, and to rob, and to gain power, (and this was their secret plan, and their combination) the servant of Helaman said unto Kishkumen: Let us go forth unto the judgment-seat.

Now this did please Kishkumen exceedingly, for he did suppose that he should accomplish his design; but behold, the servant of Helaman, as they were going forth unto the judgment-seat, did stab Kishkumen even to the heart, that he fell dead without a groan. And he ran and told Helaman all the things which he had seen, and heard, and done.

And it came to pass that Helaman did send forth to take this band of robbers and secret murderers, that they might be executed according to the law.

But behold, when Gadianton had found that Kishkumen did not return he feared lest that he should be destroyed; therefore he caused that his band should follow him. And they took their flight out of the land, by a secret way, into the wilderness; and thus when Helaman sent forth to take them they could nowhere be found.

And more of this Gadianton shall be spoken hereafter. And thus ended the forty and second year of the reign of the judges over the people of Nephi.

And behold, in the end of this book ye shall see that this Gadianton did prove the overthrow, yea, almost the entire destruction of the people of Nephi.

Behold I do not mean the end of the book of Helaman, but I mean the end of the book of Nephi, from which I have taken all the account which I have written.

## Helaman 3

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, na sa ikaapatnapu at tatlong taon ng panunungkulan ng mga hukom, na hindi nagkaroon ng alitan sa mga tao ni Nephi, maliban sa kaunting kapalaluan na nasa simbahan, na naging dahilan ng ilang pagtiwalag sa mga tao, kung aling mga pangyayari ay naisaayos sa pagtatapos ng ikaapatnapu at tatlong taon.
- 2 At hindi nagkaroon ng alitan sa mga tao sa ikaapatnapu at apat na taon; ni hindi nagkaroon ng labis na alitan sa ikaapatnapu at limang taon.
- 3 At ito ay nangyari na, na sa ikaapatnapu at anim na taon, oo, nagkaroon ng labis na alitan at maraming pagtiwalag; kung kaya't lubhang napakarami ang nagsipaglisan sa lupain ng Zarahemla, at nagtungo sa lupaing pahilaga upang manahin ang lupain.
- 4 At sila ay naglakbay nang pagkalayu-layo hanggang sa sila ay makarating sa malalaking katawan ng tubig at maraming ilog.
- 5 Oo, at maging sa sila ay kumalat sa lahat ng dako ng lupain, patungo sa anumang dako na hindi napabayaang walang kahoy, dahil sa dami ng nanirahan noon sa lupain.
- 6 At ngayon walang dako ng lupain ang napabayaang maliban sa kahoy; subalit dahil sa kalakihan ng pagkalipol ng mga tao na noon ay nanirahan sa lupain kung kaya't tinawag itong napabayaang.
- 7 At sapagkat kakaunti lamang ang kahoy sa ibabaw ng lupain, gayon pa man, ang mga taong dumating ay naging labis na dalubhasa sa paggawa ng semento; anupa't sila ay nagtayo ng mga tirahang semento, kung saan sila ay nanirahan.
- 8 At ito ay nangyari na, na sila ay dumami at kumalat, at humayo mula sa lupaing patimog patungo sa lupaing pahilaga, at kumalat hanggang sa nagsimula silang kumalat sa ibabaw ng buong lupain, mula sa timog dagat hanggang sa hilagang dagat, mula sa kanlurang dagat hanggang sa silangang dagat.

## Helaman 3

And now it came to pass in the forty and third year of the reign of the judges, there was no contention among the people of Nephi save it were a little pride which was in the church, which did cause some little dissensions among the people, which affairs were settled in the ending of the forty and third year.

And there was no contention among the people in the forty and fourth year; neither was there much contention in the forty and fifth year.

And it came to pass in the forty and sixth, yea, there was much contention and many dissensions; in the which there were an exceedingly great many who departed out of the land of Zarahemla, and went forth unto the land northward to inherit the land.

And they did travel to an exceedingly great distance, insomuch that they came to large bodies of water and many rivers.

Yea, and even they did spread forth into all parts of the land, into whatever parts it had not been rendered desolate and without timber, because of the many inhabitants who had before inherited the land.

And now no part of the land was desolate, save it were for timber; but because of the greatness of the destruction of the people who had before inhabited the land it was called desolate.

And there being but little timber upon the face of the land, nevertheless the people who went forth became exceedingly expert in the working of cement; therefore they did build houses of cement, in the which they did dwell.

And it came to pass that they did multiply and spread, and did go forth from the land southward to the land northward, and did spread insomuch that they began to cover the face of the whole earth, from the sea south to the sea north, from the sea west to the sea east.

- 9 At ang mga tao na nasa lupaing pahilaga ay nanirahan sa mga tolda, at sa mga tirahang semento, at pinahintulutan nilang tumubo ang anumang punungkahoy sa ibabaw ng lupain upang lumaki ito, nang sa pagdating ng panahon sila ay magkaroon ng mga kahoy na ipagpapatayo ng kanilang mga tirahan, oo, kanilang mga lunsod, at kanilang mga templo, at kanilang mga sinagoga, at kanilang mga santuwaryo, at lahat ng uri ng kanilang mga gusali.
- 10 At ito ay nangyari na, sapagkat ang kahoy ay labis na kakaunti sa lupaing pahilaga, sila ay nag-angkat ng marami sa pamamagitan ng paglululan sa mga sasakyang-dagat.
- 11 At sa gayon nagawa nila na ang mga tao sa lupaing pahilaga ay makapagtayo ng maraming lunsod, kapwa ng kahoy at ng semento.
- 12 At ito ay nangyari na, na marami sa mga tao ni Ammon, na isinilang na mga Lamanita, ay nagtungo rin sa lupaing ito.
- 13 At ngayon maraming talaan ang iningatan tungkol sa mga pangyayari sa mga taong ito, ng marami sa mga taong ito, na ganap at napakarami, hinggil sa kanila.
- 14 Subalit masdan, ang ika-isandaang bahagi ng mga pangyayari sa mga taong ito, oo, ang ulat ng mga Lamanita at ng mga Nephita, at kanilang mga digmaan, at alitan, at pagtatalo, at kanilang pangangaral, at kanilang mga propesiya, at kanilang paglulan sa mga sasakyang-dagat at kanilang paggawa ng mga sasakyang-dagat, at kanilang pagtatayo ng mga templo, at ng mga sinagoga at kanilang mga santuwaryo, at kanilang kabutihan, at kanilang kasamaan, at kanilang mga pagpaslang, at kanilang mga panloloob, at kanilang pandarambong, at lahat ng uri ng karumal-dumal na gawain at pagpapatutot, ay hindi maaaring isama sa gawang ito.
- 15 Subalit masdan, may maraming aklat at maraming talaan ng lahat ng uri, at karaniwang iniingatan ang mga ito ng mga Nephita.

And the people who were in the land northward did dwell in tents, and in houses of cement, and they did suffer whatsoever tree should spring up upon the face of the land that it should grow up, that in time they might have timber to build their houses, yea, their cities, and their temples, and their synagogues, and their sanctuaries, and all manner of their buildings.

And it came to pass as timber was exceedingly scarce in the land northward, they did send forth much by the way of shipping.

And thus they did enable the people in the land northward that they might build many cities, both of wood and of cement.

And it came to pass that there were many of the people of Ammon, who were Lamanites by birth, did also go forth into this land.

And now there are many records kept of the proceedings of this people, by many of this people, which are particular and very large, concerning them.

But behold, a hundredth part of the proceedings of this people, yea, the account of the Lamanites and of the Nephites, and their wars, and contentions, and dissensions, and their preaching, and their prophecies, and their shipping and their building of ships, and their building of temples, and of synagogues and their sanctuaries, and their righteousness, and their wickedness, and their murders, and their robbings, and their plundering, and all manner of abominations and whoredoms, cannot be contained in this work.

But behold, there are many books and many records of every kind, and they have been kept chiefly by the Nephites.



- 16 At ang mga ito ay ipinapasa-pasa sa bawat sali't salinlahi ng mga Nephita, maging hanggang sa mahulog sila sa paglabag at pinaslang, dinambong, at tinugis, at itinaboy, at pinatay, at ikinalat sa balat ng lupa, at nakisalamuha sa mga Lamanita hanggang sa hindi na sila tinawag pang mga Nephita, naging masasama, at mababangis, at malulupit, oo, maging hanggang sa naging mga Lamanita.
- 17 At ngayon muli akong magbabalik sa sarili kong ulat; samakatwid, lumipas ang aking sinabi matapos magkaroon ng malalaking pagtatalo at kaguluhan, at mga digmaan, at pagtiwalag, sa mga tao ni Nephi.
- 18 Ang ikaapatnapu at anim na taon ng panunungkulan ng mga hukom ay nagtapos;
- 19 At ito ay nangyari na, na mayroon pa ring malaking alitan sa lupain, oo, maging sa ikaapatnapu at pitong taon, at gayon din sa ikaapatnapu at walong taon.
- 20 Gayon pa man, si Helaman ay nanungkulan sa hukumang-luklukan sa katarungan at pagkakapantay-pantay; oo, pinagsikapan niyang sundin ang mga batas, at ang mga kahatulan, at ang mga kautusan ng Diyos; at patuloy niyang ginawa ang yaong tama sa paningin ng Diyos; at lumakad siya alinsunod sa mga landas ng kanyang ama, hanggang sa umunlad siya sa lupain.
- 21 At ito ay nangyari na, na siya ay may dalawang anak na lalaki. Ibinigay niya sa pinakamatanda ang pangalang Nephi, at sa pinakabata, ang pangalang Lehi. At sila ay nagsimulang lumaki sa Panginoon.
- 22 At ito ay nangyari na, na ang mga digmaan at alitan ay nagsimulang huminto nang kaunti, sa mga tao ng mga Nephita, sa huling bahagi ng ikaapatnapu at walong taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.
- 23 At ito ay nangyari na, na sa ikaapatnapu at siyam na taon ng panunungkulan ng mga hukom, naitatag ang patuloy na kapayapaan sa lupain, lahat maliban sa mga lihim na pagsasabwatang itinatag ni Gadianton, ang tulisan, sa higit na tinitirahang bahagi ng lupain, na sa panahong yaon ay lingid pa sa kaalaman ng mga yaong nasa pamunuan ng pamahalaan; kaya nga, hindi sila nalipol sa lupain.

And they have been handed down from one generation to another by the Nephites, even until they have fallen into transgression and have been murdered, plundered, and hunted, and driven forth, and slain, and scattered upon the face of the earth, and mixed with the Lamanites until they are no more called the Nephites, becoming wicked, and wild, and ferocious, yea, even becoming Lamanites.

And now I return again to mine account; therefore, what I have spoken had passed after there had been great contentions, and disturbances, and wars, and dissensions, among the people of Nephi.

The forty and sixth year of the reign of the judges ended;

And it came to pass that there was still great contention in the land, yea, even in the forty and seventh year, and also in the forty and eighth year.

Nevertheless Helaman did fill the judgment-seat with justice and equity; yea, he did observe to keep the statutes, and the judgments, and the commandments of God; and he did do that which was right in the sight of God continually; and he did walk after the ways of his father, insomuch that he did prosper in the land.

And it came to pass that he had two sons. He gave unto the eldest the name of Nephi, and unto the youngest, the name of Lehi. And they began to grow up unto the Lord.

And it came to pass that the wars and contentions began to cease, in a small degree, among the people of the Nephites, in the latter end of the forty and eighth year of the reign of the judges over the people of Nephi.

And it came to pass in the forty and ninth year of the reign of the judges, there was continual peace established in the land, all save it were the secret combinations which Gadianton the robber had established in the more settled parts of the land, which at that time were not known unto those who were at the head of government; therefore they were not destroyed out of the land.

- 24 At ito ay nangyari na, na sa taon ding ito ay nagkaroon ng napakalaking pag-unlad sa simbahan, hanggang sa libu-libo ang isinapi ang kanilang sarili sa simbahan at bininyagan tungo sa pagsisisi.
- 25 At napakalaki ng naging pag-unlad ng simbahan, at napakaraming pagpapala ang ibinuhos sa mga tao, na maging ang matataas na saserdote at mga guro na rin ay nanggilalas nang di masusukat.
- 26 At ito ay nangyari na, na ang gawain ng Panginoon ay sumulong tungo sa pagbibinyag at pagsapi sa simbahan ng Diyos ng maraming tao, oo, maging sampu-sampung libo.
- 27 Sa gayon makikita natin na ang Panginoon ay maawain sa lahat ng yaon na, sa katapatan ng kanilang mga puso, ay nananawagan sa kanyang banal na pangalan.
- 28 Oo, sa gayon nakikita natin na ang pintuan ng langit ay bukas para sa lahat, maging sa mga yaong maniniwala sa pangalan ni Jesucristo, na siyang Anak ng Diyos.
- 29 Oo, nakikita natin na sinuman ang magnanais ay makayayakap sa salita ng Diyos, na buhay at makapangyarihan, na maghahati-hati sa lahat ng katusuhan, at mga patibong at panlililang ng diyablo, at akayin ang tao ni Cristo sa makipot at makitid na daan sa kabila ng yaong walang hanggang look ng kalungkutan na inihanda upang lamunin ang masasama—
- 30 At humantong ang kanilang mga kaluluwa, oo, ang kanilang mga walang kamatayang kaluluwa, sa kanang kamay ng Diyos sa kaharian ng langit, upang umupong kasama ni Abraham, at Isaac, at kasama ni Jacob, at lahat ng ating banal na ama, upang hindi na lumabas pa.
- 31 At sa taong ito ay nagkaroon ng patuloy na pagsasaya sa lupain ng Zarahemla, at sa lahat ng dako sa paligid, maging sa lahat ng lupaing pag-aari ng mga Nephita.
- 32 At ito ay nangyari na, na nagkaroon ng kapayapaan at labis na kagalakan sa nalalabing araw ng ikaapatnapu at siyam na taon; oo, at nagkaroon din ng patuloy na kapayapaan at labis na kagalakan sa ikalimampung taon ng panunungkulan ng mga hukom.

And it came to pass that in this same year there was exceedingly great prosperity in the church, inso-much that there were thousands who did join themselves unto the church and were baptized unto repentance.

And so great was the prosperity of the church, and so many the blessings which were poured out upon the people, that even the high priests and the teachers were themselves astonished beyond measure.

And it came to pass that the work of the Lord did prosper unto the baptizing and uniting to the church of God, many souls, yea, even tens of thousands.

Thus we may see that the Lord is merciful unto all who will, in the sincerity of their hearts, call upon his holy name.

Yea, thus we see that the gate of heaven is open unto all, even to those who will believe on the name of Jesus Christ, who is the Son of God.

Yea, we see that whosoever will may lay hold upon the word of God, which is quick and powerful, which shall divide asunder all the cunning and the snares and the wiles of the devil, and lead the man of Christ in a strait and narrow course across that everlasting gulf of misery which is prepared to engulf the wicked—

And land their souls, yea, their immortal souls, at the right hand of God in the kingdom of heaven, to sit down with Abraham, and Isaac, and with Jacob, and with all our holy fathers, to go no more out.

And in this year there was continual rejoicing in the land of Zarahemla, and in all the regions round about, even in all the land which was possessed by the Nephites.

And it came to pass that there was peace and exceedingly great joy in the remainder of the forty and ninth year; yea, and also there was continual peace and great joy in the fiftieth year of the reign of the judges.

33 At sa ikalimampu at isang taon ng panunungkulan ng mga hukom ay nagkaroon din ng kapayapaan, maliban sa kapalaluan na nagsimulang pumasok sa simbahan—hindi sa simbahan ng Diyos, kundi sa mga puso ng mga taong nagpahayag na kabilang sila sa simbahan ng Diyos—

34 At iniangat sila sa kapalaluan, maging hanggang sa pag-uusig sa marami sa kanilang mga kapatid. Ngayon, ito ay malaking kasamaan, na naging dahilan upang ang higit na mapagpakumbabang bahagi ng mga tao ay magdanas ng malulupit na pag-uusig, at dumanas ng labis na pagdurusa.

35 Gayon pa man, sila ay madalas na nag-ayuno at nanalangin, at tumibay nang tumibay sa kanilang pagpapakumbaba, at tumatag nang tumatag sa kanilang pananampalataya kay Cristo, hanggang sa mapuspos ang kanilang mga kaluluwa ng kagalakan at kasiyahan, oo, maging hanggang sa pagpapadalisay at sa pagpapakabanal ng kanilang mga puso, kung aling pagpapakabanal ay napasakanila dahil sa paghahandog ng kanilang mga puso sa Diyos.

36 At ito ay nangyari na, na ang ikalimampu at dalawang taon ay nagtapos din sa kapayapaan, maliban sa labis na kapalaluang umusbong sa mga puso ng mga tao; at dahil ito sa napakalaki nilang kayamanan at kanilang pananagana sa lupain; at ito ay sumisibol sa kanila sa araw-araw.

37 At ito ay nangyari na, na sa ikalimampu at tatlong taon ng panunungkulan ng mga hukom, si Helaman ay namatay, at ang kanyang pinakamatandang anak na si Nephi ay nagsimulang manungkulang kahalili niya. At ito ay nangyari na, na siya ay nanungkulan sa hukumang-luklukan sa katarungan at pagkakapantay-pantay; oo, sinunod niya ang mga kautusan ng Diyos, at lumakad alinsunod sa mga landas ng kanyang ama.

And in the fifty and first year of the reign of the judges there was peace also, save it were the pride which began to enter into the church—not into the church of God, but into the hearts of the people who professed to belong to the church of God—

And they were lifted up in pride, even to the persecution of many of their brethren. Now this was a great evil, which did cause the more humble part of the people to suffer great persecutions, and to wade through much affliction.

Nevertheless they did fast and pray oft, and did wax stronger and stronger in their humility, and firmer and firmer in the faith of Christ, unto the filling their souls with joy and consolation, yea, even to the purifying and the sanctification of their hearts, which sanctification cometh because of their yielding their hearts unto God.

And it came to pass that the fifty and second year ended in peace also, save it were the exceedingly great pride which had gotten into the hearts of the people; and it was because of their exceedingly great riches and their prosperity in the land; and it did grow upon them from day to day.

And it came to pass in the fifty and third year of the reign of the judges, Helaman died, and his eldest son Nephi began to reign in his stead. And it came to pass that he did fill the judgment-seat with justice and equity; yea, he did keep the commandments of God, and did walk in the ways of his father.

## Helaman 4

- 1 At ito ay nangyari na, na sa ikalimampu at apat na taon ay nagkaroon ng maraming pagtatalo sa simbahan, at nagkaroon din ng alitan sa mga tao, hanggang sa magkaroon ng maraming pagdanak ng dugo.
- 2 At ang mapaghimagsik na bahagi ay napatay at naitaboy palabas ng lupain, at sila ay nagsitungo sa hari ng mga Lamanita.
- 3 At ito ay nangyari na, na sila ay nagsumigasig na pukawin ang mga Lamanita na makidigma laban sa mga Nephita; subalit masdan, ang mga Lamanita ay labis ang pagkatakot, kung kaya nga't sila ay tumangging makinig sa mga salita ng mga yaong tumiwalag.
- 4 Subalit ito ay nangyari na, na sa ikalimampu at anim na taon ng panunungkulan ng mga hukom, na may mga tumiwalag sa mga Nephita na umahon sa mga Lamanita; at sila ay nagtagumpay kasama ang mga yaong iba sa pagpukaw sa kanila na magalit laban sa mga Nephita; at silang lahat ay naghanda para sa digmaan ng taong yaon.
- 5 At sa ikalimampu at pitong taon, sila ay sumalakay laban sa mga Nephita upang makidigma, at sinimulan nila ang gawa ng kamatayan; oo, kung kaya nga't sa ikalimampu at walong taon ng panunungkulan ng mga hukom, sila ay nagtagumpay sa pag-angkin ng lupain ng Zarahemla; oo, at gayon din ng lahat ng lupain, maging ang lupaing malapit sa lupaing Masagana.
- 6 At ang mga Nephita at ang mga hukbo ni Moronihas ay naitaboy maging hanggang sa lupaing Masagana;
- 7 At doon sila nagpalakas laban sa mga Lamanita, mula sa kanlurang dagat, maging hanggang sa silangan; ito na isang araw na paglalakbay para sa isang Nephita, sa hangganang pinalakas nila at inihimpil ang kanilang mga hukbo upang ipagtanggol ang kanilang hilagang bayan.
- 8 At sa gayon ang mga yaong tumiwalag sa mga Nephita, sa tulong ng napakalaking hukbo ng mga Lamanita, ay natamo ang lahat ng pag-aari ng mga Nephita na nasa lupaing patimog. At ang lahat ng ito ay naganap sa ikalimampu at walo at siyam na taon ng panunungkulan ng mga hukom.

## Helaman 4

And it came to pass in the fifty and fourth year there were many dissensions in the church, and there was also a contention among the people, insomuch that there was much bloodshed.

And the rebellious part were slain and driven out of the land, and they did go unto the king of the Lamanites.

And it came to pass that they did endeavor to stir up the Lamanites to war against the Nephites; but behold, the Lamanites were exceedingly afraid, insomuch that they would not hearken to the words of those dissenters.

But it came to pass in the fifty and sixth year of the reign of the judges, there were dissenters who went up from the Nephites unto the Lamanites; and they succeeded with those others in stirring them up to anger against the Nephites; and they were all that year preparing for war.

And in the fifty and seventh year they did come down against the Nephites to battle, and they did commence the work of death; yea, insomuch that in the fifty and eighth year of the reign of the judges they succeeded in obtaining possession of the land of Zarahemla; yea, and also all the lands, even unto the land which was near the land Bountiful.

And the Nephites and the armies of Moronihas were driven even into the land of Bountiful;

And there they did fortify against the Lamanites, from the west sea, even unto the east; it being a day's journey for a Nephite, on the line which they had fortified and stationed their armies to defend their north country.

And thus those dissenters of the Nephites, with the help of a numerous army of the Lamanites, had obtained all the possession of the Nephites which was in the land southward. And all this was done in the fifty and eighth and ninth years of the reign of the judges.

- 9 At ito ay nangyari na, na sa ikaanimnapung taon ng panunungkulan ng mga hukom, si Moronihah ay nagtagumpay kasama ang kanyang mga hukbo sa pagbawi ng maraming bahagi ng lupain; oo, nabawi nila ang maraming lunsod na nahulog sa mga kamay ng mga Lamanita.
- 10 At ito ay nangyari na, na sa ikaanimnapu at isang taon ng panunungkulan ng mga hukom na sila ay nagtagumpay sa pagbawi maging ang kalahati ng lahat ng kanilang mga pag-aari.
- 11 Ngayon, ang malaking kawalang ito ng mga Nephita, at ang malaking pagkatay sa kanila, ay hindi sana naganap kung hindi dahil sa kanilang kasamaan at kanilang mga karumal-dumal na gawain na nasa kanila; oo, at ito ay nasa mga yaong nagpapahayag din na kabilang sila sa simbahan ng Diyos.
- 12 At dahil ito sa kapalaluan ng kanilang mga puso, dahil sa labis na kayamanan nila, oo, dahil ito sa kanilang pang-aapi sa mga maralita, ipinagkakait ang kanilang pagkain sa mga nagugutom, ipinagkakait ang kanilang mga kasuotan sa mga hubad, at sinasampal sa pisngi ang kanilang mga mapagpakumbabang kapatid, kinukutya ang yaong banal, itinatatwa ang diwa ng propesiya at ng paghahayag, pumapaslang, nandarambong, nagsisinungaling, nagnanakaw, nakikiapid, nagpapasimula sa malalaking alitan, at tumitiwalag patungo sa lupain ng Nephi, sa mga Lamanita—
- 13 At dahil sa malaking kasamaang ito, at kanilang pagmamalaki sa kanilang sariling lakas, sila ay naiwan sa kanilang sariling lakas; kaya nga, hindi sila umunlad, kundi pinahirapan at binagabag, at itinaboy sa harapan ng mga Lamanita, hanggang sa sila ay mawalan ng pag-aari sa halos lahat ng kanilang mga lupain.
- 14 Subalit masdan, si Moronihah ay nangaral ng maraming bagay sa mga tao dahil sa kanilang kasamaan, at gayon din sina Nephi at Lehi, na mga anak na lalaki ni Helaman, ay nangaral ng maraming bagay sa mga tao, oo, at nagpropesiya ng maraming bagay sa kanila hinggil sa kanilang mga kasamaan, at kung ano ang mangyayari sa kanila kung hindi sila magsisisi ng kanilang mga kasalanan.

And it came to pass in the sixtieth year of the reign of the judges, Moronihah did succeed with his armies in obtaining many parts of the land; yea, they regained many cities which had fallen into the hands of the Lamanites.

And it came to pass in the sixty and first year of the reign of the judges they succeeded in regaining even the half of all their possessions.

Now this great loss of the Nephites, and the great slaughter which was among them, would not have happened had it not been for their wickedness and their abomination which was among them; yea, and it was among those also who professed to belong to the church of God.

And it was because of the pride of their hearts, because of their exceeding riches, yea, it was because of their oppression to the poor, withholding their food from the hungry, withholding their clothing from the naked, and smiting their humble brethren upon the cheek, making a mock of that which was sacred, denying the spirit of prophecy and of revelation, murdering, plundering, lying, stealing, committing adultery, rising up in great contentions, and deserting away into the land of Nephi, among the Lamanites—

And because of this their great wickedness, and their boastings in their own strength, they were left in their own strength; therefore they did not prosper, but were afflicted and smitten, and driven before the Lamanites, until they had lost possession of almost all their lands.

But behold, Moronihah did preach many things unto the people because of their iniquity, and also Nephi and Lehi, who were the sons of Helaman, did preach many things unto the people, yea, and did prophesy many things unto them concerning their iniquities, and what should come unto them if they did not repent of their sins.

15 At ito ay nangyari na, na sila ay nagsisi, at yaman din lamang na nagsisi sila ay nagsimula silang umunlad.

16 Sapagkat nang makita ni Moronihah na nagsisi sila ay nangahas siyang pamunuan sila nang lugar sa lugar, at lunsod sa lunsod, maging hanggang sa mabawi nila ang kalahati ng kanilang mga ari-arian, at ang kalahati ng lahat ng kanilang mga lupain.

17 At sa gayon nagtapos ang ikaanimnapu at isang taon ng panunungkulan ng mga hukom.

18 At ito ay nangyari na, na sa ikaanimnapu at dalawang taon ng panunungkulan ng mga hukom, na si Moronihah ay hindi na nakakuha pa ng mga ari-arian sa mga Lamanita.

19 Anupa't tinalikdan nila ang kanilang hangaring makuha ang nalalabi nilang mga lupain, sapagkat napakarami ng mga Lamanita na hindi maaari para sa mga Nephita na magkaroon pa ng higit na kapangyarihan sa kanila; kaya nga, ginamit ni Moronihah ang kanyang buong hukbo sa pagpapanatili ng mga yaong bahagi na nabawi niya.

20 At ito ay nangyari na, na dahil sa kalakihan ng bilang ng mga Lamanita ay malaki ang naging pagkatakot ng mga Nephita, na baka madaig sila, at yapak-yapakan, at pagpapapatayin, at malipol.

21 Oo, nagsimulang maalaala nila ang mga propesiya ni Alma, at gayon din ang mga salita ni Mosias; at natanto nila na sila ay naging mga taong matitigas ang leeg, at ipinagwalang-bahala nila ang mga kautusan ng Diyos;

22 At na binago nila at niyurakan sa ilalim ng kanilang mga paa ang mga batas ni Mosias, o ang mga yaong iniutos sa kanya ng Panginoon na ibigay sa mga tao; at natanto nila na ang kanilang mga batas ay naging tiwali, at na sila ay naging masasamang tao, hanggang sa ang kasamaan nila ay naging tulad ng sa mga Lamanita.

23 At dahil sa kanilang kasamaan ay nagsimulang manghina ang simbahan; at nagsimula silang hindi maniwala sa diwa ng propesiya at sa diwa ng paghahayag; at ang mga kahatulan ng Diyos ay tumitig sa kanilang mga mukha.

And it came to pass that they did repent, and inas-much as they did repent they did begin to prosper.

For when Moronihah saw that they did repent he did venture to lead them forth from place to place, and from city to city, even until they had regained the one-half of their property and the one-half of all their lands.

And thus ended the sixty and first year of the reign of the judges.

And it came to pass in the sixty and second year of the reign of the judges, that Moronihah could obtain no more possessions over the Lamanites.

Therefore they did abandon their design to obtain the remainder of their lands, for so numerous were the Lamanites that it became impossible for the Nephites to obtain more power over them; therefore Moronihah did employ all his armies in maintaining those parts which he had taken.

And it came to pass, because of the greatness of the number of the Lamanites the Nephites were in great fear, lest they should be overpowered, and trodden down, and slain, and destroyed.

Yea, they began to remember the prophecies of Alma, and also the words of Mosiah; and they saw that they had been a stiffnecked people, and that they had set at naught the commandments of God;

And that they had altered and trampled under their feet the laws of Mosiah, or that which the Lord commanded him to give unto the people; and they saw that their laws had become corrupted, and that they had become a wicked people, insomuch that they were wicked even like unto the Lamanites.

And because of their iniquity the church had begun to dwindle; and they began to disbelieve in the spirit of prophecy and in the spirit of revelation; and the judgments of God did stare them in the face.

- 24 At natanto nilang sila ay naging mahihina, tulad ng kanilang mga kapatid, ang mga Lamanita, at hindi na sila pinangangalagaan pa ng Espiritu ng Panginoon; oo, lumisan ito sa kanila sapagkat ang Espiritu ng Panginoon ay hindi nananahanan sa mga hindi banal na templo—
- 25 Anupa't ang Panginoon ay tumigil sa pangangalaga sa kanila sa pamamagitan ng kanyang mapaghimala at walang kapantay na kapangyarihan, sapagkat sila ay nahulog sa kalagayan ng kawalangpaniniwala at kakila-kilabot na kasamaan; at nakita nila na higit na napakarami ng mga Lamanita kaysa sa kanila, at maliban kung mangungunyapit sila sa Panginoon nilang Diyos ay hindi maiiwasang sila ay masawi.
- 26 Sapagkat masdan, nakita nila na ang lakas ng mga Lamanita ay kasinglakas ng kanilang lakas, maging lalaki sa lalaki. At sa gayon sila nahulog sa malaking pagkakasalang ito; oo, sa gayon sila naging mahihina, dahil sa kanilang pagkakasala, sa loob nang hindi maraming taon.

And they saw that they had become weak, like unto their brethren, the Lamanites, and that the Spirit of the Lord did no more preserve them; yea, it had withdrawn from them because the Spirit of the Lord doth not dwell in unholy temples—

Therefore the Lord did cease to preserve them by his miraculous and matchless power, for they had fallen into a state of unbelief and awful wickedness; and they saw that the Lamanites were exceedingly more numerous than they, and except they should cleave unto the Lord their God they must unavoidably perish.

For behold, they saw that the strength of the Lamanites was as great as their strength, even man for man. And thus had they fallen into this great transgression; yea, thus had they become weak, because of their transgression, in the space of not many years.

## Helaman 5

- 1 At ito ay nangyari na, na sa taon ding ito, masdan, ibinigay ni Nephi ang hukumang-luklukan sa isang lalaki na ang pangalan ay Cezoram.
- 2 Sapagkat ang kanilang mga batas at kanilang mga pamahalaan ay pinagtitibay ng tinig ng mga tao, at ang mga yaong pumili ng kasamaan ay higit na nakararami kaysa sa mga yaong pumili ng kabutihan, anupa't sila ay nahihinog na para sa pagkalipol, sapagkat ang mga batas ay naging tiwali.
- 3 Oo, at hindi lamang ito; sila ay mga taong matitigas ang leeg, kung kaya nga't hindi sila mapamahalaan ng batas ni katarungan, maliban sa kanilang pagkalipol.
- 4 At ito ay nangyari na, na si Nephi ay nanghina dahil sa kanilang kasamaan; at isinuko niya ang hukumang-luklukan, at binalikat ng kanyang sarili na ipangaral ang salita ng Diyos sa lahat ng nalalabi niyang mga araw, at gayon din ang kanyang kapatid na si Lehi, lahat ng nalalabi niyang mga araw;
- 5 Sapagkat naalaala nila ang mga salita ng kanilang amang si Helaman na sinabi sa kanila. At ito ang mga salitang kanyang sinabi:
- 6 Masdan, mga anak na lalaki, hinihiling kong pakatandaan ninyong sundin ang mga kautusan ng Diyos; at nais kong ipahayag ninyo ang mga salitang ito sa mga tao. Masdan, ibinigay ko sa inyo ang mga pangalan ng ating mga naunang magulang na lumisan sa lupain ng Jerusalem; at ginawa ko ito nang sa gayon kapag naalaala ninyo ang inyong mga pangalan ay maalaala ninyo sila; at kapag naalaala ninyo sila ay maalaala ninyo ang kanilang mga gawa; at kapag naalaala ninyo ang kanilang mga gawa ay malaman ninyo kung paanong nasabi, at nasulat din, na sila'y mabubuti.
- 7 Samakatwid, mga anak ko, nais kong gawin ninyo ang yaong mabuti, upang masabi sa inyo, at masulat din, maging tulad ng nasabi at nasulat tungkol sa kanila.

## Helaman 5

And it came to pass that in this same year, behold, Nephi delivered up the judgment-seat to a man whose name was Cezoram.

For as their laws and their governments were established by the voice of the people, and they who chose evil were more numerous than they who chose good, therefore they were ripening for destruction, for the laws had become corrupted.

Yea, and this was not all; they were a stiffnecked people, insomuch that they could not be governed by the law nor justice, save it were to their destruction.

And it came to pass that Nephi had become weary because of their iniquity; and he yielded up the judgment-seat, and took it upon him to preach the word of God all the remainder of his days, and his brother Lehi also, all the remainder of his days;

For they remembered the words which their father Helaman spake unto them. And these are the words which he spake:

Behold, my sons, I desire that ye should remember to keep the commandments of God; and I would that ye should declare unto the people these words. Behold, I have given unto you the names of our first parents who came out of the land of Jerusalem; and this I have done that when you remember your names ye may remember them; and when ye remember them ye may remember their works; and when ye remember their works ye may know how that it is said, and also written, that they were good.

Therefore, my sons, I would that ye should do that which is good, that it may be said of you, and also written, even as it has been said and written of them.



8 At ngayon mga anak ko, masdan, mayroon pa akong hihilingin sa inyo, kung aling kahilingan ay, na hindi ninyo gagawin ang mga bagay na ito upang kayo ay makapagmalaki, kundi gawin ang mga bagay na ito upang makapagtipon sa inyong sarili ng kayamanan sa langit, oo, na walang hanggan, at hindi kumukupas; oo, upang makamit ninyo ang yaong mahalagang kaloob na buhay na walang hanggan, na may dahilan upang akalain natin na ibinigay sa ating mga ama.

9 O pakatandaan, pakatandaan, mga anak ko, ang mga salitang sinabi ni haring Benjamin sa kanyang mga tao; oo, pakatandaan na walang ibang daan o pamamaraan man na ang tao ay maaaring maligtas, tanging sa pamamagitan lamang ng pambayad-salang dugo ni Jesucristo, na siyang paparito; oo, pakatandaan na siya ay paparito upang tubusin ang sanlibutan.

10 At tandaan din ang mga salitang sinabi ni Amulek kay Zisrom, sa lunsod ng Ammonihah; sapagkat sinabi niya sa kanya na tiyak na paparito ang Panginoon upang tubusin ang kanyang mga tao, subalit hindi siya darating upang tubusin sila sa kanilang mga kasalanan, kundi upang tubusin sila mula sa kanilang mga kasalanan.

11 At may kapangyarihan siya na ibinigay sa kanya ng Ama upang sila ay tubusin mula sa kanilang mga kasalanan dahil sa pagsisisi; kaya nga, isinugo niya ang kanyang mga anghel upang ihayag ang masayang balita na mga itinakda ng pagsisisi, na nagbibigay-daan sa kapangyarihan ng Manunubos, tungo sa kaligtasan ng kanilang mga kaluluwa.

12 At ngayon, mga anak ko, tandaan, tandaan na sa bato na ating Manunubos, na si Cristo, ang Anak ng Diyos, ninyo kailangang itayo ang inyong saligan; nang sa gayon kapag ipinadala ng diyablo ang kanyang malalakas na hangin, oo, ang kanyang mga palaso sa buhawi, oo, kapag ang lahat ng kanyang ulang yelo at kanyang malakas na bagyo ay humampas sa inyo, hindi ito magkakaroon ng kapangyarihan sa inyo na hilahin kayong pababa sa look ng kalungkutan at walang katapusang kapighatian, dahil sa bato kung saan kayo nakasandig, na tunay na saligan, isang saligan na kung sasandigan ng mga tao ay hindi sila maaaring bumagsak.

And now my sons, behold I have somewhat more to desire of you, which desire is, that ye may not do these things that ye may boast, but that ye may do these things to lay up for yourselves a treasure in heaven, yea, which is eternal, and which fadeth not away; yea, that ye may have that precious gift of eternal life, which we have reason to suppose hath been given to our fathers.

O remember, remember, my sons, the words which king Benjamin spake unto his people; yea, remember that there is no other way nor means whereby man can be saved, only through the atoning blood of Jesus Christ, who shall come; yea, remember that he cometh to redeem the world.

And remember also the words which Amulek spake unto Zeezrom, in the city of Ammonihah; for he said unto him that the Lord surely should come to redeem his people, but that he should not come to redeem them in their sins, but to redeem them from their sins.

And he hath power given unto him from the Father to redeem them from their sins because of repentance; therefore he hath sent his angels to declare the tidings of the conditions of repentance, which bringeth unto the power of the Redeemer, unto the salvation of their souls.

And now, my sons, remember, remember that it is upon the rock of our Redeemer, who is Christ, the Son of God, that ye must build your foundation; that when the devil shall send forth his mighty winds, yea, his shafts in the whirlwind, yea, when all his hail and his mighty storm shall beat upon you, it shall have no power over you to drag you down to the gulf of misery and endless wo, because of the rock upon which ye are built, which is a sure foundation, a foundation whereon if men build they cannot fall.

- 13 At ito ay nangyari na, na ito ang mga salitang itinuro ni Helaman sa kanyang mga anak; oo, kanyang tinuruan sila ng maraming bagay na hindi nasusulat, at marami ring bagay na nasusulat.
- 14 At natatandaan nila ang kanyang mga salita; at kaya nga, sila ay humayo, sinusunod ang mga kautusan ng Diyos, upang ituro ang salita ng Diyos sa lahat ng tao ni Nephi, simula sa lunsod ng Masagana.
- 15 At mula roon hanggang sa lunsod ng Gid; at mula sa lunsod ng Gid hanggang sa lunsod ng Mulek;
- 16 At maging lunsod sa lunsod, hanggang sa marating nila ang lahat ng tao ni Nephi na nasa lupaing patimog; at mula roon patungo sa lupain ng Zarahemla, sa mga Lamanita.
- 17 At ito ay nangyari na, na sila ay nangaral sa dakilang kapangyarihan, kung kaya nga't nalito nila ang marami sa mga yaong tumiwalag na mga Nephita, hanggang sa sila ay lumapit at ipinagtapat ang kanilang mga kasalanan at nabinyagan tungo sa pagsisisi, at kaagad silang bumalik sa mga Nephita upang masigasig na maisaayos sa kanila ang mga kamaliang nagawa nila.
- 18 At ito ay nangyari na, na sina Nephi at Lehi ay nangaral sa mga Lamanita sa dakilang kapangyarihan at karapatan, sapagkat may ibinigay sa kanilang kapangyarihan at karapatan upang sila ay makapagsalita, at ibinigay rin sa kanila kung ano ang nararapat nilang sabihin—
- 19 Anupa't sila ay nangusap sa labis na panggigilalas ng mga Lamanita, tungo sa pagpapaniwala sa kanila, hanggang sa may walong libo ng mga Lamanita na nasa lupain ng Zarahemla at nasa paligid ang nabinyagan tungo sa pagsisisi, at napaniwala sa kasamaan ng mga kaugalian ng kanilang mga ama.
- 20 At ito ay nangyari na, na sina Nephi at Lehi ay nagpatuloy mula roon patungo sa lupain ng Nephi.
- 21 At ito ay nangyari na, na sila ay dinakip ng isang hukbo ng mga Lamanita at itinapon sa bilangguan; oo, maging sa yaon ding bilangguan kung saan si Ammon at ang kanyang mga kapatid ay itinapon ng mga tagapagsilbi ni Limhi.

And it came to pass that these were the words which Helaman taught to his sons; yea, he did teach them many things which are not written, and also many things which are written.

And they did remember his words; and therefore they went forth, keeping the commandments of God, to teach the word of God among all the people of Nephi, beginning at the city Bountiful;

And from thenceforth to the city of Gid; and from the city of Gid to the city of Mulek;

And even from one city to another, until they had gone forth among all the people of Nephi who were in the land southward; and from thence into the land of Zarahemla, among the Lamanites.

And it came to pass that they did preach with great power, insomuch that they did confound many of those dissenters who had gone over from the Nephites, insomuch that they came forth and did confess their sins and were baptized unto repentance, and immediately returned to the Nephites to endeavor to repair unto them the wrongs which they had done.

And it came to pass that Nephi and Lehi did preach unto the Lamanites with such great power and authority, for they had power and authority given unto them that they might speak, and they also had what they should speak given unto them—

Therefore they did speak unto the great astonishment of the Lamanites, to the convincing them, insomuch that there were eight thousand of the Lamanites who were in the land of Zarahemla and round about baptized unto repentance, and were convinced of the wickedness of the traditions of their fathers.

And it came to pass that Nephi and Lehi did proceed from thence to go to the land of Nephi.

And it came to pass that they were taken by an army of the Lamanites and cast into prison; yea, even in that same prison in which Ammon and his brethren were cast by the servants of Limhi.

22 At matapos silang itapon sa bilangguan nang maraming araw na walang pagkain, masdan, sila ay nagtungo sa bilangguan upang kunin sila nang kanilang mapatay sila.

23 At ito ay nangyari na, na sina Nephi at Lehi ay napaliligiran ng sa wari ay apoy, maging hanggang sa hindi sila nagtangkang saktan sila ng kanilang mga kamay sa takot na baka sila masunog. Gayon pa man, sina Nephi at Lehi ay hindi nasunog; at sa wari'y nakatindig sila sa gitna ng apoy at hindi nasusunog.

24 At nang makita nilang napaliligiran sila ng isang haliging apoy, at hindi sila nasusunog nito, ay nagkaroon ng lakas ang kanilang mga puso.

25 Sapagkat nakita nilang hindi nagtangkang saktan sila ng mga Lamanita ng kanilang mga kamay; ni ang magtangkang lumapit sila sa kanila, kundi nakatindig sa wari'y napipi sa pagkamangha.

26 At ito ay nangyari na, na sina Nephi at Lehi ay tumindig at nagsimulang magsalita sa kanila, sinasabing: Huwag matakot, sapagkat masdan, ang Diyos ang siyang nagpakita sa inyo ng kagila-gilalas na bagay na ito, kung alin ay ipinakita sa inyo nang hindi ninyo saktan kami ng inyong mga kamay upang patayin kami.

27 At masdan, nang sabihin nila ang mga salitang ito, ang lupa ay malakas na nayanig, at ang mga pader ng bilangguan ay nayanig na sa wari'y guguho ang mga ito sa lupa; subalit masdan, ang mga ito ay hindi bumagsak. At masdan, sila na mga nasa bilangguan ay mga Lamanita at Nephita na mga tumiwalag.

28 At ito ay nangyari na, na sila ay nililiman ng ulap ng kadiliman, at isang kakila-kilabot at tahimik na pagkatakot ang nanaig sa kanila.

29 At ito ay nangyari na, na may narinig na isang tinig na sa wari'y nasa ibabaw ng ulap ng kadiliman, sinasabing: Magsisi kayo, magsisi kayo, at huwag nang hangarin pang patayin ang aking mga tagapaglingkod na isinugo ko sa inyo upang ihayag ang masayang balita.

30 At ito ay nangyari na, nang marinig nila ang tinig na ito, at namasdan, hindi ito tinig ng kulog, ni tunog man ng napakalakas na ingay, subalit masdan, ito ay tahimik na tinig nang ganap na kahinahunan, sa wari'y isang bulong, at ito ay tumagos maging sa buong kaluluwa—

And after they had been cast into prison many days without food, behold, they went forth into the prison to take them that they might slay them.

And it came to pass that Nephi and Lehi were encircled about as if by fire, even insomuch that they durst not lay their hands upon them for fear lest they should be burned. Nevertheless, Nephi and Lehi were not burned; and they were as standing in the midst of fire and were not burned.

And when they saw that they were encircled about with a pillar of fire, and that it burned them not, their hearts did take courage.

For they saw that the Lamanites durst not lay their hands upon them; neither durst they come near unto them, but stood as if they were struck dumb with amazement.

And it came to pass that Nephi and Lehi did stand forth and began to speak unto them, saying: Fear not, for behold, it is God that has shown unto you this marvelous thing, in the which is shown unto you that ye cannot lay your hands on us to slay us.

And behold, when they had said these words, the earth shook exceedingly, and the walls of the prison did shake as if they were about to tumble to the earth; but behold, they did not fall. And behold, they that were in the prison were Lamanites and Nephites who were dissenters.

And it came to pass that they were overshadowed with a cloud of darkness, and an awful solemn fear came upon them.

And it came to pass that there came a voice as if it were above the cloud of darkness, saying: Repent ye, repent ye, and seek no more to destroy my servants whom I have sent unto you to declare good tidings.

And it came to pass when they heard this voice, and beheld that it was not a voice of thunder, neither was it a voice of a great tumultuous noise, but behold, it was a still voice of perfect mildness, as if it had been a whisper, and it did pierce even to the very soul—

31 At sa kabila nang kahinahunan ng tinig, masdan, ang lupa ay nayanig nang malakas, at ang mga pader ng bilanguan ay muling nayanig, na sa wari'y guguho ito sa lupa; at masdan, ang ulap ng kadiliman, na lumilim sa kanila, ay hindi napalis—

32 At masdan, ang tinig ay muling narinig, sinasabing: Magsisi kayo, magsisi kayo, sapagkat ang kaharian ng Langit ay nalalapit na; at huwag nang hangarin pang patayin ang aking mga tagapaglingkod. At ito ay nangyari na, na ang lupa ay muling nayanig, at ang mga pader ay nayanig.

33 At sa pangatlong pagkakataon ay muling narinig ang tinig, at nangusap sa kanila ng mga kagilagilalas na salita na hindi maaaring sabihin ng mga tao; at ang mga pader ay muling nayanig, at ang lupa ay nayanig na sa wari'y mahahati ito.

34 At ito ay nangyari na, na ang mga Lamanita ay hindi makatakas dahil sa ulap ng kadiliman na lumililim sa kanila; oo, at hindi rin sila makakilos dahil sa takot na nanaig sa kanila.

35 Ngayon, may isa sa kanila na isinilang na isang Nephita, na minsay kabilang sa simbahan ng Diyos subalit tumiwalag mula sa kanila.

36 At ito ay nangyari na, na siya ay lumingon, at masdan, nakita niya sa gitna ng ulap ng kadiliman ang mga mukha nina Nephi at Lehi; at masdan, labis silang kumikinang, maging tulad ng mga mukha ng anghel. At namasdan niyang nakatingin ang kanilang mga mata sa langit; at sila ay nasa ayos na sa wari'y nakikipag-usap o itinataas ang kanilang mga tinig sa kung sinong nilikha na namamasdan nila.

37 At ito ay nangyari na, na ang lalaking ito ay nagsabi sa maraming tao, na sila ay lumingon at tumingin. At masdan, may lakas na ibinigay sa kanila kung kaya't sila ay nakalingon at nakatingin; at namasdan nila ang mga mukha nina Nephi at Lehi.

38 At sinabi nila sa lalaki: Masdan, ano ang ibig sabihin ng mga bagay na ito, at kanino nakikipag-usap ang mga lalaking ito?

39 Ngayon, ang pangalan ng lalaki ay Aminadab. At sinabi ni Aminadab sa kanila: Sila ay nakikipag-usap sa mga anghel ng Diyos.

And notwithstanding the mildness of the voice, behold the earth shook exceedingly, and the walls of the prison trembled again, as if it were about to tumble to the earth; and behold the cloud of darkness, which had overshadowed them, did not disperse—

And behold the voice came again, saying: Repent ye, repent ye, for the kingdom of heaven is at hand; and seek no more to destroy my servants. And it came to pass that the earth shook again, and the walls trembled.

And also again the third time the voice came, and did speak unto them marvelous words which cannot be uttered by man; and the walls did tremble again, and the earth shook as if it were about to divide asunder.

And it came to pass that the Lamanites could not flee because of the cloud of darkness which did overshadow them; yea, and also they were immovable because of the fear which did come upon them.

Now there was one among them who was a Nephite by birth, who had once belonged to the church of God but had dissented from them.

And it came to pass that he turned him about, and behold, he saw through the cloud of darkness the faces of Nephi and Lehi; and behold, they did shine exceedingly, even as the faces of angels. And he beheld that they did lift their eyes to heaven; and they were in the attitude as if talking or lifting their voices to some being whom they beheld.

And it came to pass that this man did cry unto the multitude, that they might turn and look. And behold, there was power given unto them that they did turn and look; and they did behold the faces of Nephi and Lehi.

And they said unto the man: Behold, what do all these things mean, and who is it with whom these men do converse?

Now the man's name was Aminadab. And Aminadab said unto them: They do converse with the angels of God.

40 At ito ay nangyari na, na sinabi ng mga Lamanita sa kanya: Ano ang gagawin natin, upang ang ulap ng kadilimang ito ay maalis mula sa pagkakalilim sa atin?

41 At sinabi ni Aminadab sa kanila: Kayo ay kinakailangang magsisi, at magsumamo sa tinig, maging hanggang sa kayo ay magkaroon ng pananampalataya kay Cristo, na itinuro sa inyo ni Alma, at ni Amulek, at ni Zisrom; at kapag ginawa ninyo ang mga bagay na ito, ang ulap ng kadiliman ay maaalis mula sa pagkakalilim sa inyo.

42 At ito ay nangyari na, na sila ay nagsimulang lahat na magsumamo sa tinig niya na siyang yumanig sa lupa; oo, sila ay nagsumamo maging hanggang sa ang ulap ng kadiliman ay mapalis.

43 At ito ay nangyari na, nang igala nila ang kanilang mga paningin sa paligid, at nakitang ang ulap ng kadiliman ay napalis na mula sa pagkakalilim sa kanila, masdan, nakita nila na napaliligiran sila, oo, bawat tao, ng haliging apoy.

44 At sina Nephi at Lehi ay nasa gitna nila; oo, sila ay napaligiran; oo, sa wari sila ay nasa gitna ng nagniningas na apoy, gayon man sila ay hindi nasaktan nito, ni ang tupukin nito ang pader ng bilangguan; at sila ay napuspos ng yaong hindi maipaliwanag na kagalakan at puspos ng kaluwalhatian.

45 At masdan, ang Banal na Espiritu ng Diyos ay nanaog mula sa langit, at pumasok sa kanilang mga puso, at sila ay napuspos na sa wari'y apoy, at sila ay nakapangusap ng mga kagila-gilalas na salita.

46 At ito ay nangyari na, na may tinig na nangusap sa kanila, oo, isang kaaya-ayang tinig, sa wari'y isang bulong, sinasabing:

47 Kapayapaan, kapayapaa'y sumainyo, dahil sa inyong pananampalataya sa aking Pinakamamahal, siya na mula pa sa pagkakatatag ng daigdig.

48 At ngayon, nang marinig nila ito ay itinaas nila ang kanilang mga paningin na sa wari'y upang mamasdan kung saan nagmumula ang tinig; at masdan, nakita nilang bumukas ang kalangitan; at ang mga anghel ay nanaog sa langit at naglingkod sa kanila.

And it came to pass that the Lamanites said unto him: What shall we do, that this cloud of darkness may be removed from overshadowing us?

And Aminadab said unto them: You must repent, and cry unto the voice, even until ye shall have faith in Christ, who was taught unto you by Alma, and Amulek, and Zeezrom; and when ye shall do this, the cloud of darkness shall be removed from overshadowing you.

And it came to pass that they all did begin to cry unto the voice of him who had shaken the earth; yea, they did cry even until the cloud of darkness was dispersed.

And it came to pass that when they cast their eyes about, and saw that the cloud of darkness was dispersed from overshadowing them, behold, they saw that they were encircled about, yea every soul, by a pillar of fire.

And Nephi and Lehi were in the midst of them; yea, they were encircled about; yea, they were as if in the midst of a flaming fire, yet it did harm them not, neither did it take hold upon the walls of the prison; and they were filled with that joy which is unspeakable and full of glory.

And behold, the Holy Spirit of God did come down from heaven, and did enter into their hearts, and they were filled as if with fire, and they could speak forth marvelous words.

And it came to pass that there came a voice unto them, yea, a pleasant voice, as if it were a whisper, saying:

Peace, peace be unto you, because of your faith in my Well Beloved, who was from the foundation of the world.

And now, when they heard this they cast up their eyes as if to behold from whence the voice came; and behold, they saw the heavens open; and angels came down out of heaven and ministered unto them.

49 At may humigit-kumulang sa tatlong daang katao ang nakakita at nakarinig sa mga bagay na ito; at sila ay pinagsabihang humayo at huwag manggilalas, ni ang mag-alinlangan sila.

50 At ito ay nangyari na, na sila ay humayo, at nangaral sa mga tao, inihahayag sa lahat ng dako sa paligid ang lahat ng bagay na narinig at nakita nila, hanggang sa ang higit na nakararaming bahagi ng mga Lamanita ay napaniwala nila, dahil sa dami ng katibayang natanggap nila.

51 At kasindami ng napaniwala ay nagbaba ng kanilang mga sandata ng digmaan, at gayon din ng kanilang kapootan at mga kaugalian ng kanilang mga ama.

52 At ito ay nangyari na, na isinuko nila sa mga Nephita ang mga lupaing kanilang pag-aari.

And there were about three hundred souls who saw and heard these things; and they were bidden to go forth and marvel not, neither should they doubt.

And it came to pass that they did go forth, and did minister unto the people, declaring throughout all the regions round about all the things which they had heard and seen, insomuch that the more part of the Lamanites were convinced of them, because of the greatness of the evidences which they had received.

And as many as were convinced did lay down their weapons of war, and also their hatred and the tradition of their fathers.

And it came to pass that they did yield up unto the Nephites the lands of their possession.

## Helaman 6

- 1 At ito ay nangyari na, nang ang ikaanimnapu at dalawang taon ng panunungkulan ng mga hukom ay nagtapos, naganap ang lahat ng bagay na ito at ang mga Lamanita ay naging, yaong mga nakararaming bahagi sa kanila, mabubuting tao, hanggang sa mahigitan nila ang kabutihan ng mga yaong Nephita, dahil sa kanilang tibay at katatagan sa pananampalataya.
- 2 Sapagkat masdan, marami sa mga Nephita ang naging matitigas at hindi nagsisisi at napakasasama, hanggang sa tanggihan nila ang salita ng Diyos at lahat ng pangangaral at pagpopropesiyang dumating sa kanila.
- 3 Gayon pa man, ang mga tao ng simbahan ay nagkaroon ng labis na kagalakan dahil sa pagbabalik-loob ng mga Lamanita, oo, dahil sa simbahan ng Diyos na itinatag sa kanila. At sila ay nakipagkapatiran sa isa't isa, at nagsaya sa isa't isa, at nagkaroon ng labis na kagalakan.
- 4 At ito ay nangyari na, na marami sa mga Lamanita ang nagtungo sa lupain ng Zarahemla, at ipinahayag sa mga tao ng mga Nephita ang pamamaraan ng kanilang pagbabalik-loob, at pinayuhan sila na manampalataya at magsisi.
- 5 Oo, at marami ang nangaral nang may dakilang kapangyarihan at karapatan, tungo sa pagdadala ng marami sa kanila sa kailaliman ng pagpapakumbaba, upang maging mga mapagpakumbabang tagasunod ng Diyos at ng Kordero.
- 6 At ito ay nangyari na, na marami sa mga Lamanita ang nagtungo sa lupaing pahilaga; at sina Nephi at Lehi rin ay nagtungo sa lupaing pahilaga, upang mangaral sa mga tao. At sa gayon nagtapos ang ikaanimnapu at tatlong taon.
- 7 At masdan, nagkaroon ng kapayapaan sa buong lupain, kung kaya nga't ang mga Nephita ay nakatutungo kung saan mang dako ng lupain ang naisin nila, sa mga Nephita man o sa mga Lamanita.

## Helaman 6

And it came to pass that when the sixty and second year of the reign of the judges had ended, all these things had happened and the Lamanites had become, the more part of them, a righteous people, inso-much that their righteousness did exceed that of the Nephites, because of their firmness and their steadiness in the faith.

For behold, there were many of the Nephites who had become hardened and impenitent and grossly wicked, inso-much that they did reject the word of God and all the preaching and prophesying which did come among them.

Nevertheless, the people of the church did have great joy because of the conversion of the Lamanites, yea, because of the church of God, which had been established among them. And they did fellowship one with another, and did rejoice one with another, and did have great joy.

And it came to pass that many of the Lamanites did come down into the land of Zarahemla, and did declare unto the people of the Nephites the manner of their conversion, and did exhort them to faith and repentance.

Yea, and many did preach with exceedingly great power and authority, unto the bringing down many of them into the depths of humility, to be the humble followers of God and the Lamb.

And it came to pass that many of the Lamanites did go into the land northward; and also Nephi and Lehi went into the land northward, to preach unto the people. And thus ended the sixty and third year.

And behold, there was peace in all the land, inso-much that the Nephites did go into whatsoever part of the land they would, whether among the Nephites or the Lamanites.

- 8 At ito ay nangyari na, na ang mga Lamanita ay nakatutungo rin kung saan man ang naisin nila, sa mga Lamanita man o sa mga Nephita; at sa gayon sila nagkaroon ng malayang pakikipag-ugnayan sa isa't isa, bumibili at naglalako, at upang kumita, alinsunod sa naisin nila.
- 9 At ito ay nangyari na, na naging napakayaman nila, kapwa ang mga Lamanita at ang mga Nephita; at sila ay nagkaroon ng napakaraming ginto, at ng pilak, at lahat ng uri ng mahahalagang metal, kapwa sa timog lupain at sa hilagang lupain.
- 10 Ngayon, ang timog lupain ay tinawag na Lehi, at ang hilagang lupain ay tinawag na Mulek, na inalinsunod sa anak na lalaki ni Zedekias; sapagkat dinala ng Panginoon si Mulek sa hilagang lupain, at si Lehi sa timog lupain.
- 11 At masdan, may lahat ng uri ng ginto sa kapwa mga lupaing ito, at ng pilak, at ng mahahalagang inang mina ng bawat uri; at mayroon ding mahuhusay na manggagawa, na gumagawa ng lahat ng uri ng inang mina at naglalantay nito; at sa gayon sila naging mayayaman.
- 12 Sila ay nagtanim ng maraming butil, kapwa sa hilaga at sa timog; at sila ay umunlad nang labis, kapwa sa hilaga at sa timog. At sila ay dumami, at naging makapangyarihan sa lupain. At sila ay nag-alaga ng maraming kawan ng tupa at baka, oo, ng maraming patabain.
- 13 Masdan, ang kanilang kababaihan ay gumawa at nag-ikid, at gumawa ng lahat ng uri ng kayo, ng maiinam na hinabing lino at kayo ng bawat uri, upang bihisan ang kanilang kahubaran. At sa gayon lumipas ang ikaanimnapu at apat na taon sa kapayapaan.
- 14 At sa ikaanimnapu at limang taon sila ay nagkaroon ng labis na kagalakan at kapayapaan, oo, ng labis na pangangaral at maraming propesiya hinggil sa yaong darating. At sa gayon lumipas ang ikaanimnapu at limang taon.

And it came to pass that the Lamanites did also go whithersoever they would, whether it were among the Lamanites or among the Nephites; and thus they did have free intercourse one with another, to buy and to sell, and to get gain, according to their desire.

And it came to pass that they became exceedingly rich, both the Lamanites and the Nephites; and they did have an exceeding plenty of gold, and of silver, and of all manner of precious metals, both in the land south and in the land north.

Now the land south was called Lehi, and the land north was called Mulek, which was after the son of Zedekiah; for the Lord did bring Mulek into the land north, and Lehi into the land south.

And behold, there was all manner of gold in both these lands, and of silver, and of precious ore of every kind; and there were also curious workmen, who did work all kinds of ore and did refine it; and thus they did become rich.

They did raise grain in abundance, both in the north and in the south; and they did flourish exceedingly, both in the north and in the south. And they did multiply and wax exceedingly strong in the land. And they did raise many flocks and herds, yea, many fatlings.

Behold their women did toil and spin, and did make all manner of cloth, of fine-twined linen and cloth of every kind, to clothe their nakedness. And thus the sixty and fourth year did pass away in peace.

And in the sixty and fifth year they did also have great joy and peace, yea, much preaching and many prophecies concerning that which was to come. And thus passed away the sixty and fifth year.



15 At ito ay nangyari na, na sa ikaanimnapu at anim na taon ng panunungkulan ng mga hukom, masdan, si Cezoram ay pinaslang ng isang hindi kilalang kamay habang siya ay nakaupo sa hukumang-luklukan. At ito ay nangyari na, na sa taon ding yaon, na ang kanyang anak, na hinirang ng mga tao na kahalili niya, ay pinaslang din. At sa gayon nagtapos ang ikaanimnapu at anim na taon.

16 At sa pagsisimula ng ikaanimnapu at pitong taon, ang mga tao ay nagsimulang muling maging napakasasama.

17 Sapagkat masdan, pinagpala sila ng Panginoon ng mga kayamanan ng daigdig sa mahabang panahon kung kaya't hindi sila napukaw sa pagkagalit, sa mga digmaan, ni sa pagdadanak man ng dugo; kaya nga, nagsimulang ilagak nila ang kanilang mga puso sa mga kayamanan; oo, sila ay nagsimulang maghangad na makinabang upang maiangat nila ang kanilang sarili sa iba; anupa't sila ay nagsimulang gumawa ng mga lihim na pagpaslang, at manloob at mandambong, upang sila ay makinabang.

18 At ngayon masdan, yaong mga pumapaslang at nandarambong ay isang pangkat na binuo nina Kiskumen at Gadianton. At ngayon ito ay nangyari na, na sila ay marami, maging sa mga Nephita, na kabilang sa pangkat ni Gadianton. Subalit masdan, higit silang nakararami sa higit na masasamang bahagi ng mga Lamanita. At sila ay tinawag na mga tulisan ni Gadianton at mga mamamatay-tao.

19 At sila ang mga yaong pumaslang sa punong hukom na si Cezoram, at sa kanyang anak, habang nasa hukumang-luklukan; at masdan, hindi sila natagpuan.

20 At ngayon ito ay nangyari na, nang matuklasan ng mga Lamanita na may mga tulisan sa kanila na sila ay labis na nalungkot; at ginawa nila ang lahat ng paraan na nasa kanilang kapangyarihan upang lipulin sila sa balat ng lupa.

And it came to pass that in the sixty and sixth year of the reign of the judges, behold, Cezoram was murdered by an unknown hand as he sat upon the judgment-seat. And it came to pass that in the same year, that his son, who had been appointed by the people in his stead, was also murdered. And thus ended the sixty and sixth year.

And in the commencement of the sixty and seventh year the people began to grow exceedingly wicked again.

For behold, the Lord had blessed them so long with the riches of the world that they had not been stirred up to anger, to wars, nor to bloodshed; therefore they began to set their hearts upon their riches; yea, they began to seek to get gain that they might be lifted up one above another; therefore they began to commit secret murders, and to rob and to plunder, that they might get gain.

And now behold, those murderers and plunderers were a band who had been formed by Kishkumen and Gadianton. And now it had come to pass that there were many, even among the Nephites, of Gadianton's band. But behold, they were more numerous among the more wicked part of the Lamanites. And they were called Gadianton's robbers and murderers.

And it was they who did murder the chief judge Cezoram, and his son, while in the judgment-seat; and behold, they were not found.

And now it came to pass that when the Lamanites found that there were robbers among them they were exceedingly sorrowful; and they did use every means in their power to destroy them off the face of the earth.

21 Subalit masdan, pinukaw ni Satanas ang mga puso ng nakahihigit na bahagi ng mga Nephita, hanggang sa nakiisa sila sa mga yaong pangkat ng mga tulisan, at mga nakipagtipan sa kanila at nanumpa sa kanila, na ipagsasanggalang at pangangalagaan nila ang isa't isa sa anumang mahihirap na kalagayan sila malagay, upang hindi sila magdusa dahil sa kanilang pagpaslang, at kanilang mga pandarambong, at kanilang mga pagnanakaw.

22 At ito ay nangyari na, na mayroon silang mga senyas, oo, kanilang mga lihim na senyas, at kanilang mga lihim na salita; at ito ay upang makilala nila ang isang kapanalig na nakipagtipan, nang sa anumang kasamaang gagawin ng kanyang kapanalig ay hindi siya masaktan ng kanyang kapanalig, ni ng mga yaong kabilang sa kanyang pangkat, na tumanggap sa tipang ito.

23 At sa gayon sila makapapaslang, at makapandarambong, at makapagnanakaw, at makagagawa ng mga pagpapatutot, at lahat ng uri ng kasamaan, na salungat sa mga batas ng kanilang bayan at gayon din sa mga batas ng kanilang Diyos.

24 At sinuman sa mga yaong nabibilang sa kanilang pangkat ang magbubunyag sa sanlibutan ng kanilang kasamaan at kanilang mga karumal-dumal na gawain, ay nararapat na litisin, hindi alinsunod sa mga batas ng kanilang bayan, kundi alinsunod sa mga batas ng kanilang kasamaan, na ibinigay nina Gadianton at Kiskumen.

25 Ngayon masdan, ito ang mga lihim na sumpa at tipang iniutos ni Alma sa kanyang anak na hindi nararapat kumalat sa sanlibutan, na baka ang mga ito ang maging daan ng pagdadala sa mga tao tungo sa pagkalipol.

26 Ngayon masdan, ang mga yaong lihim na sumpa at tipan ay hindi nalaman ni Gadianton mula sa mga talaang ibinigay kay Helaman; subalit masdan, inilagay ang mga ito sa puso ni Gadianton ng yaon ding nilikha na siyang tumukso sa ating mga unang magulang na kumain ng ipinagbabawal na bungang-kahoy—

27 Oo, ng yaon ding nilikha na nakipagsabwatan kay Cain, na kung papaslangin niya ang kanyang kapatid na si Abel ay hindi ito malalaman ng sanlibutan. At siya ay nakipagsabwatan kay Cain at sa kanyang mga tagasunod mula noon.

But behold, Satan did stir up the hearts of the more part of the Nephites, insomuch that they did unite with those bands of robbers, and did enter into their covenants and their oaths, that they would protect and preserve one another in whatsoever difficult circumstances they should be placed, that they should not suffer for their murders, and their plunderings, and their stealings.

And it came to pass that they did have their signs, yea, their secret signs, and their secret words; and this that they might distinguish a brother who had entered into the covenant, that whatsoever wickedness his brother should do he should not be injured by his brother, nor by those who did belong to his band, who had taken this covenant.

And thus they might murder, and plunder, and steal, and commit whoredoms and all manner of wickedness, contrary to the laws of their country and also the laws of their God.

And whosoever of those who belonged to their band should reveal unto the world of their wickedness and their abominations, should be tried, not according to the laws of their country, but according to the laws of their wickedness, which had been given by Gadianton and Kishkumen.

Now behold, it is these secret oaths and covenants which Alma commanded his son should not go forth unto the world, lest they should be a means of bringing down the people unto destruction.

Now behold, those secret oaths and covenants did not come forth unto Gadianton from the records which were delivered unto Helaman; but behold, they were put into the heart of Gadianton by that same being who did entice our first parents to partake of the forbidden fruit—

Yea, that same being who did plot with Cain, that if he would murder his brother Abel it should not be known unto the world. And he did plot with Cain and his followers from that time forth.

28 At ito ang yaon ding nilikha na siyang naglagay sa puso ng mga tao na magtayo ng isang tore na may sapat na taas upang sila ay makarating sa langit. At ito ang yaon ding nilikha na siyang luminlang sa mga tao na nagmula sa toreng yaon sa lupaing ito; na nagpalaganap ng mga gawa ng kadiliman at mga karumal-dumal na gawain sa lahat ng dako ng lupain, hanggang sa mahila niyang pababa ang mga tao sa lubos na pagkalipol, at sa walang hanggang impiyerno.

29 Oo, ito ang yaon ding nilikha na siyang naglagay sa puso ni Gadianton na ipagpatuloy ang gawa ng kadiliman at ng lihim na pagpaslang; at pinasimulan niya ito mula pa sa simula ng tao maging hanggang sa panahong ito.

30 At masdan, siya ang nagpasimula ng lahat ng kasalanan. At masdan, ipinagpapatuloy niya ang kanyang mga gawa ng kadiliman at lihim na pagpaslang, at nagpasalin-salin ang kanilang mga pakana, at kanilang mga sumpa, at kanilang mga tipan, at kanilang mga balak ng kakila-kilabot na kasamaan, sa bawat sali't salinlahi alinsunod sa kanyang kakayahang mahawakan ang mga puso ng mga anak ng tao.

31 At ngayon masdan, siya ay may malakas na pagkakahawak sa mga puso ng mga Nephita; oo, hanggang sa sila ay naging lubhang masama; oo, ang malaking bahagi nila ay lumiko sa landas ng kabutihan, at niyurakan sa ilalim ng kanilang mga paa ang mga kautusan ng Diyos, at nagsihayo sa kani-kanilang landas, at lumikha para sa kanilang sarili ng mga diyus-diyusan mula sa kanilang mga ginto at kanilang mga pilak.

32 At ito ay nangyari na, na ang lahat ng kasamaang ito ay sumapit sa kanila sa loob ng hindi maraming taon, hanggang sa ang nakararaming bahagi nito ay sumapit sa kanila sa ikaanimnapu at pitong taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.

33 At sila ay lumubha sa kanilang kasamaan sa ikaanimnapu at walong taon din, sa labis na kalungkutan at pananaghoy ng mabubuti.

And also it is that same being who put it into the hearts of the people to build a tower sufficiently high that they might get to heaven. And it was that same being who led on the people who came from that tower into this land; who spread the works of darkness and abominations over all the face of the land, until he dragged the people down to an entire destruction, and to an everlasting hell.

Yea, it is that same being who put it into the heart of Gadianton to still carry on the work of darkness, and of secret murder; and he has brought it forth from the beginning of man even down to this time.

And behold, it is he who is the author of all sin. And behold, he doth carry on his works of darkness and secret murder, and doth hand down their plots, and their oaths, and their covenants, and their plans of awful wickedness, from generation to generation according as he can get hold upon the hearts of the children of men.

And now behold, he had got great hold upon the hearts of the Nephites; yea, insomuch that they had become exceedingly wicked; yea, the more part of them had turned out of the way of righteousness, and did trample under their feet the commandments of God, and did turn unto their own ways, and did build up unto themselves idols of their gold and their silver.

And it came to pass that all these iniquities did come unto them in the space of not many years, insomuch that a more part of it had come unto them in the sixty and seventh year of the reign of the judges over the people of Nephi.

And they did grow in their iniquities in the sixty and eighth year also, to the great sorrow and lamentation of the righteous.

34 At sa gayon nakikita natin na nagsimulang manghina sa kawalang-paniniwala ang mga Nephita, at lumubha sa kasamaan at mga karumaldumal na gawain, samantalang ang mga Lamanita ay nagsimulang umunlad nang labis sa kaalaman ng kanilang Diyos; oo, nagsimula nilang sundin ang kanyang mga batas at kautusan, at lumakad sa katotohanan at katwiran sa kanyang harapan.

35 At sa gayon nakikita natin na ang Espiritu ng Panginoon ay nagsimulang lumayo mula sa mga Nephita, dahil sa kasamaan at katigasan ng kanilang mga puso.

36 At sa gayon nakikita natin na nagsimulang ibuhos ng Panginoon ang kanyang Espiritu sa mga Lamanita, dahil sa kanilang kakayahan at pagnanais na maniwala sa kanyang mga salita.

37 At ito ay nangyari na, na tinugis ng mga Lamanita ang mga tulisan ni Gadianton; at ipinangaral nila ang salita ng Diyos sa higit na masasamang bahagi nila, hanggang sa ang mga pangkat ng tulisan ay lubos na nalipol sa mga Lamanita.

38 At ito ay nangyari na, sa kabilang dako, sila ay tinangkilik ng mga Nephita at itinaguyod sila, simula sa higit na masasamang bahagi nila, hanggang sa sila ay kumalat sa buong lupain ng mga Nephita, at naakit ang nakararaming bahagi ng mabubuti hanggang sa mapaniwala sila sa kanilang mga gawa at nakibahagi sa kanilang samsam, at umanib sa kanila sa mga lihim nilang pagpaslang at pagsasabwatan.

39 At sa gayon nila natamo ang natatanging pamamahala sa pamahalaan, kung kaya nga't niyurakan nila sa ilalim ng kanilang mga paa at saktan at pagmalabisan at talikuran ang mga maralita at ang mga maaamo, at ang mga mapagpakumbabang tagasunod ng Diyos.

40 At sa gayon nakikita natin na sila ay nasa kakilabot na kalagayan, at nahihinog na para sa walang hanggang pagkawasak.

41 At ito ay nangyari na, na sa gayon nagtapos ang ikaanimnapu at walong taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.

And thus we see that the Nephites did begin to dwindle in unbelief, and grow in wickedness and abominations, while the Lamanites began to grow exceedingly in the knowledge of their God; yea, they did begin to keep his statutes and commandments, and to walk in truth and uprightness before him.

And thus we see that the Spirit of the Lord began to withdraw from the Nephites, because of the wickedness and the hardness of their hearts.

And thus we see that the Lord began to pour out his Spirit upon the Lamanites, because of their easiness and willingness to believe in his words.

And it came to pass that the Lamanites did hunt the band of robbers of Gadianton; and they did preach the word of God among the more wicked part of them, insomuch that this band of robbers was utterly destroyed from among the Lamanites.

And it came to pass on the other hand, that the Nephites did build them up and support them, beginning at the more wicked part of them, until they had overspread all the land of the Nephites, and had seduced the more part of the righteous until they had come down to believe in their works and partake of their spoils, and to join with them in their secret murders and combinations.

And thus they did obtain the sole management of the government, insomuch that they did trample under their feet and smite and rend and turn their backs upon the poor and the meek, and the humble followers of God.

And thus we see that they were in an awful state, and ripening for an everlasting destruction.

And it came to pass that thus ended the sixty and eighth year of the reign of the judges over the people of Nephi.

*ANG PROPESIYA NI NEPHI, NA ANAK NI HELAMAN—  
Ang Diyos ay nagbabala sa mga tao ni Nephi na  
kanyang parurusahan sila sa kanyang galit, banggang  
sa ganap nilang pagkalipol maliban kung magsisisi sila  
sa kanilang kasamaan. Binagabag ng Diyos ang mga tao  
ni Nephi sa pamamagitan ng salot; sila ay nagsisi at  
nagbalik-loob sa kanya. Nagpropesiya si Samuel, isang  
Lamanita, sa mga Nephita.*

## Helaman 7

- 1 Masdan, ngayon ito ay nangyari na, na sa ikaanimnapu at siyam na taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ng mga Nephita, na si Nephi, na anak na lalaki ni Helaman, ay nagbalik sa lupain ng Zarahemla mula sa lupaing pahilaga.
- 2 Sapagkat siya ay nakahayo na sa mga tao na nasa lupaing pahilaga, at ipinangaral ang salita ng Diyos sa kanila, at nagpropesiya ng maraming bagay sa kanila;
- 3 At tinanggihan nila ang lahat ng kanyang salita, kung kaya nga't hindi siya maaaring manatili sa kanila, kundi nagbalik muli sa lupang kanyang sinilangan.
- 4 At nakikita na ang mga tao ay nasa kalagayan ng kakila-kilabot na kasamaan, at ang mga yaong tulisan ni Gadianton na nanunungkulan sa hukumang-luklukan—matapos makamkam ang kapangyarihan at karapatan sa lupain; isinasaisantabi ang mga kautusan ng Diyos, at ni hindi matwid sa harapan niya; hindi pinairal ang katarungan sa mga anak ng tao;
- 5 Pinarurusahan ang mabubuti dahil sa kanilang kabutihan; hinahayaang mapawalan ang may kasalanan at ang masasama nang hindi naparurusahan dahil sa kanilang salapi; at higit pa roon, ang manungkulan sa tanggapan ng puno ng pamahalaan, upang mamahala at gawin ang naaayon sa kanilang kagustuhan, upang sila ay makinabang at matamo ang papuri ng sanlibutan, at higit pa roon, upang higit na madali nilang magawa ang pakikiapid, at magnakaw, at pumatay, at gawin ang naaayon sa sarili nilang kagustuhan—

*THE PROPHECY OF NEPHI, THE SON OF HELAMAN—  
God threatens the people of Nephi that he will visit them  
in his anger, to their utter destruction except they repent  
of their wickedness. God smiteth the people of Nephi with  
pestilence; they repent and turn unto him. Samuel, a  
Lamanite, prophesies unto the Nephites.*

## Helaman 7

Behold, now it came to pass in the sixty and ninth year of the reign of the judges over the people of the Nephites, that Nephi, the son of Helaman, returned to the land of Zarahemla from the land northward.

For he had been forth among the people who were in the land northward, and did preach the word of God unto them, and did prophesy many things unto them;

And they did reject all his words, insomuch that he could not stay among them, but returned again unto the land of his nativity.

And seeing the people in a state of such awful wickedness, and those Gadianton robbers filling the judgment-seats—having usurped the power and authority of the land; laying aside the commandments of God, and not in the least aright before him; doing no justice unto the children of men;

Condemning the righteous because of their righteousness; letting the guilty and the wicked go unpunished because of their money; and moreover to be held in office at the head of government, to rule and do according to their wills, that they might get gain and glory of the world, and, moreover, that they might the more easily commit adultery, and steal, and kill, and do according to their own wills—

- 6 Ngayon, ang malaking kasamaang ito ay sumapit sa mga Nephita, sa loob ng iilang taon lamang; at nang makita ito ni Nephi, napuspos ng kalungkutan ang kanyang puso sa kanyang dibdib; at siya ay napabulalas sa labis na paghihirap ng kanyang kaluluwa:
- 7 O, na ang akin sanang mga araw ay nasa mga araw ng unang lisanin ng aking amang si Nephi ang lupain ng Jerusalem, sana'y nagalak akong kasama siya sa lupang pangako; noon ang kanyang mga tao ay madaling kausapin, matatag sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos, at mabagal akaying gumawa ng kasamaan; at sila ay mabilis na nakikinig sa mga salita ng Panginoon—
- 8 Oo, kung ang mga araw ko sana ay nasa mga araw na yaon, sa gayon ang kaluluwa ko ay nagkaroon sana ng kagalakan sa kabutihan ng aking mga kapatid.
- 9 Subalit masdan, ako ay itinadhanang ito ang aking maging mga araw, at napupuspos ang kaluluwa ko ng kalungkutan dahil dito sa kasamaan ng aking mga kapatid.
- 10 At masdan, ngayon ito ay nangyari na, na sa tuktok ito ng tore, na nasa halamanan ni Nephi, na malapit sa lansangang-bayan patungo sa punong pamilyan, na nasa lunsod ng Zarahemla; samakatwid, iniyukod ni Nephi ang sarili sa tore na nasa kanyang halamanan, kung aling tore ay malapit din sa may pintuan ng halamanan patungo sa lansangang-bayan.
- 11 At ito ay nangyari na, na may ilang kalalakihang dumaraan at nakita si Nephi habang ibinubuhos niya ang kanyang kaluluwa sa Diyos sa may tore, at sila ay tumakbo at sinabi sa mga tao ang kanilang nakita, at ang mga tao ay sama-samang nagtungo nang maramihan upang malaman nila ang dahilan ng labis na pagdadalamhati dahil sa kasamaan ng mga tao.
- 12 At ngayon, nang tumindig si Nephi ay namasdan niya ang maraming tao na sama-samang nagtipon.
- 13 At ito ay nangyari na, na ibinuka niya ang kanyang bibig at sinabi sa kanila: Masdan, bakit ninyo sama-samang tinipon ang inyong sarili? Upang sabihin ko sa inyo ang inyong mga kasamaan?

Now this great iniquity had come upon the Nephites, in the space of not many years; and when Nephi saw it, his heart was swollen with sorrow within his breast; and he did exclaim in the agony of his soul:

Oh, that I could have had my days in the days when my father Nephi first came out of the land of Jerusalem, that I could have joyed with him in the promised land; then were his people easy to be entreated, firm to keep the commandments of God, and slow to be led to do iniquity; and they were quick to hearken unto the words of the Lord—

Yea, if my days could have been in those days, then would my soul have had joy in the righteousness of my brethren.

But behold, I am consigned that these are my days, and that my soul shall be filled with sorrow because of this the wickedness of my brethren.

And behold, now it came to pass that it was upon a tower, which was in the garden of Nephi, which was by the highway which led to the chief market, which was in the city of Zarahemla; therefore, Nephi had bowed himself upon the tower which was in his garden, which tower was also near unto the garden gate by which led the highway.

And it came to pass that there were certain men passing by and saw Nephi as he was pouring out his soul unto God upon the tower; and they ran and told the people what they had seen, and the people came together in multitudes that they might know the cause of so great mourning for the wickedness of the people.

And now, when Nephi arose he beheld the multitudes of people who had gathered together.

And it came to pass that he opened his mouth and said unto them: Behold, why have ye gathered yourselves together? That I may tell you of your iniquities?

- 14 Oo, dahil ako ay nagtungo sa aking tore upang maibuhos ko ang aking kaluluwa sa aking Diyos, dahil sa labis na kalungkutan ng aking puso, na sanhi ng inyong mga kasamaan!
- 15 At dahil sa aking pagdadalamhati at pananaghoy ay magkakasamang tinipon ninyo ang sarili, at nanggigilalas; oo, at may malaki kayong pangangailangan na manggilalas; oo, nararapat kayong manggilalas sapagkat kayo ay nagparaya upang ang diyablo ay magkaroon ng malakas na pagkakahawak sa inyong mga puso.
- 16 Oo, paanong kayo ay nagbigay-daan sa mga tukso niya na naghahangad na maibulid pababa ang inyong mga kaluluwa sa walang hanggang kalungkutan at walang katapusang kapighatian?
- 17 O magsisi kayo, magsisi kayo! Bakit kayo mamamatay? Bumaling kayo, bumaling kayo sa Panginoon ninyong Diyos. Bakit niya kayo tinalikuran?
- 18 Ito ay dahil sa pinatigas ninyo ang inyong mga puso; oo, tumanggi kayong makinig sa tinig ng mabuting pastor; oo, kayo ang nagbunsod na siya ay magalit laban sa inyo.
- 19 At masdan, sa halip na kayo ay tipunin, maliban sa kayo ay magsisisi, masdan, kanyang ikakalat kayo upang maging pagkain kayo para sa mga aso at mababangis na hayop.
- 20 O, paanong nakalimutan ninyo ang inyong Diyos sa araw ding yaon na kanyang iniligtas kayo?
- 21 Subalit masdan, ito ay upang makinabang, upang purihin ng mga tao, oo, at upang makakuha kayo ng ginto't pilak. At inilagak ninyo ang inyong mga puso sa mga kayamanan at walang kabuluhang bagay ng daigdig na ito, dahil doon kayo ay pumapaslang, at nandarambong, at nagnanakaw, at nagbibigay ng hindi totoong patibay laban sa inyong kapwa, at gumagawa ng lahat ng uri ng kasamaan.

Yea, because I have got upon my tower that I might pour out my soul unto my God, because of the exceeding sorrow of my heart, which is because of your iniquities!

And because of my mourning and lamentation ye have gathered yourselves together, and do marvel; yea, and ye have great need to marvel; yea, ye ought to marvel because ye are given away that the devil has got so great hold upon your hearts.

Yea, how could you have given way to the enticing of him who is seeking to hurl away your souls down to everlasting misery and endless wo?

O repent ye, repent ye! Why will ye die? Turn ye, turn ye unto the Lord your God. Why has he forsaken you?

It is because you have hardened your hearts; yea, ye will not hearken unto the voice of the good shepherd; yea, ye have provoked him to anger against you.

And behold, instead of gathering you, except ye will repent, behold, he shall scatter you forth that ye shall become meat for dogs and wild beasts.

O, how could you have forgotten your God in the very day that he has delivered you?

But behold, it is to get gain, to be praised of men, yea, and that ye might get gold and silver. And ye have set your hearts upon the riches and the vain things of this world, for the which ye do murder, and plunder, and steal, and bear false witness against your neighbor, and do all manner of iniquity.

22 At sa dahilang ito kapighatian ang sasapit sa inyo maliban kung kayo ay magsisisi. Sapagkat kung hindi kayo magsisisi, masdan, ang dakilang lunsod na ito, at gayon din ang lahat ng yaong dakilang lunsod na nasa paligid, na nasa lupain ng ating pag-aari, ay kukunin upang hindi kayo magkaroon ng lugar sa mga ito; sapagkat masdan, hindi kayo pagkakalooban ng lakas ng Panginoon; tulad ng ginawa niya noon, upang manaig kayo laban sa inyong mga kaaway.

23 Sapagkat masdan, ganito ang wika ng Panginoon: Hindi ko ipakikita sa masasama ang aking lakas, sa isa nang higit kaysa sa iba, maliban sa mga yaong nagsisisi sa kanilang mga kasalanan, at nakikinig sa aking mga salita. Ngayon samakatwid, nais kong masdan ninyo, mga kapatid ko, higit na mabuti para sa mga Lamanita kaysa sa inyo maliban kung kayo ay magsisisi.

24 Sapagkat masdan, higit silang mabubuti kaysa sa inyo, sapagkat hindi sila nagkasala laban sa yaong dakilang kaalaman na natanggap ninyo; kaya nga, ang Panginoon ay magiging maawain sa kanila; oo, pahahabain niya ang kanilang mga araw at pararamihin ang kanilang binhi, maging hanggang sa panahong ganap kayong malipol maliban kung kayo ay magsisisi.

25 Oo, sa aba ninyo dahil sa maraming karumal-dumal na gawaing nasa inyo; at ibinilang ninyo ang inyong sarili sa mga ito, oo, sa yaong lihim na pangkat na itinatag ni Gadianton!

26 Oo, sasapit sa inyo ang kapighatian dahil sa yaong kapalaluan na pinahintulutan ninyong pumasok sa inyong mga puso, na nag-angat sa inyo lampas sa yaong mabuti dahil sa inyong napakaraming kayamanan!

27 Oo, sa aba ninyo dahil sa inyong kasamaan at mga karumal-dumal na gawain!

28 At maliban kung magsisisi kayo ay masasawi kayo; oo, maging ang inyong mga lupain ay kukunin mula sa inyo, at kayo ay lilipulin sa balat ng lupa.

And for this cause wo shall come unto you except ye shall repent. For if ye will not repent, behold, this great city, and also all those great cities which are round about, which are in the land of our possession, shall be taken away that ye shall have no place in them; for behold, the Lord will not grant unto you strength, as he has hitherto done, to withstand against your enemies.

For behold, thus saith the Lord: I will not show unto the wicked of my strength, to one more than the other, save it be unto those who repent of their sins, and hearken unto my words. Now therefore, I would that ye should behold, my brethren, that it shall be better for the Lamanites than for you except ye shall repent.

For behold, they are more righteous than you, for they have not sinned against that great knowledge which ye have received; therefore the Lord will be merciful unto them; yea, he will lengthen out their days and increase their seed, even when thou shalt be utterly destroyed except thou shalt repent.

Yea, wo be unto you because of that great abomination which has come among you; and ye have united yourselves unto it, yea, to that secret band which was established by Gadianton!

Yea, wo shall come unto you because of that pride which ye have suffered to enter your hearts, which has lifted you up beyond that which is good because of your exceedingly great riches!

Yea, wo be unto you because of your wickedness and abominations!

And except ye repent ye shall perish; yea, even your lands shall be taken from you, and ye shall be destroyed from off the face of the earth.



29 Masdan ngayon, hindi ko sinasabing magaganap ang mga bagay na ito, para sa aking sarili, sapagkat nalalaman ko ang mga bagay na ito hindi para sa aking sarili lamang; kundi masdan, nalalaman ko na ang mga bagay na ito ay totoo dahil sa ipinaalam iyon sa akin ng Panginoong Diyos, kaya nga, ako ay nagpapatotoo na magaganap ang mga ito.

Behold now, I do not say that these things shall be, of myself, because it is not of myself that I know these things; but behold, I know that these things are true because the Lord God has made them known unto me, therefore I testify that they shall be.

## Helaman 8

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, nang sabihin ni Nephi ang mga salitang ito, masdan, may mga kalalakihan na mga hukom, na kabilang din sa lihim na pangkat ni Gadianton, at sila ay nagalit, at sila ay nagsalita nang laban sa kanya, sinasabi sa mga tao: Bakit hindi ninyo dakpin ang lalaking ito at dalhin siya, upang siya ay maparusahan alinsunod sa mabigat na kasalanang nagawa niya?
- 2 Bakit kayo nakatunghay sa taong ito, at pinakikinggan siyang laitin ang mga taong ito at ang ating mga batas?
- 3 Sapagkat masdan, si Nephi ay nangusap sa kanila hinggil sa katiwalian ng kanilang mga batas; oo, maraming bagay ang sinabi ni Nephi na hindi maaaring isulat; at walang anumang bagay siyang sinabi na salungat sa mga kautusan ng Diyos.
- 4 At ang mga hukom na yaon ay nagalit sa kanya dahil sa pangungusap niya nang malinaw hinggil sa kanilang mga lihim na gawain ng kadiliman; gayon pa man, hindi nila tinangkang saktan siya ng kanilang mga kamay, sapagkat sila ay natatakot sa mga tao na baka sila makapagsalita nang laban sa kanila.
- 5 Kaya nga, sila ay sumigaw sa mga tao, sinasabing: Bakit ninyo pinahihintulutan ang taong ito na laitin tayo? Sapagkat masdan, hinatulan niya ang lahat ng taong ito, maging hanggang sa pagkalipol; oo, at gayon din ang mga dakilang lunsod na ito ay kukunin mula sa atin, na hindi tayo magkakaroon ng lugar sa mga yaon.
- 6 At ngayon alam natin na hindi maaaring mangyari ito, sapagkat masdan, tayo ay makapangyarihan, at ang ating mga lunsod ay dakila, kaya nga hindi tayo maaaring madaig ng ating mga kaaway.
- 7 At ito ay nangyari na, na sa gayon nila pinukaw ang mga tao na magalit laban kay Nephi, at pumukaw ng alitan sa kanila; sapagkat may ilang nagsipagsigawan: Hayaan ang lalaking ito, sapagkat siya ay isang mabuting tao, at ang mga yaong bagay na kanyang sinabi ay tiyak na mangyayari maliban kung tayo ay magsisisi;

## Helaman 8

And now it came to pass that when Nephi had said these words, behold, there were men who were judges, who also belonged to the secret band of Gadianton, and they were angry, and they cried out against him, saying unto the people: Why do ye not seize upon this man and bring him forth, that he may be condemned according to the crime which he has done?

Why seest thou this man, and hearest him revile against this people and against our law?

For behold, Nephi had spoken unto them concerning the corruptness of their law; yea, many things did Nephi speak which cannot be written; and nothing did he speak which was contrary to the commandments of God.

And those judges were angry with him because he spake plainly unto them concerning their secret works of darkness; nevertheless, they durst not lay their own hands upon him, for they feared the people lest they should cry out against them.

Therefore they did cry unto the people, saying: Why do you suffer this man to revile against us? For behold he doth condemn all this people, even unto destruction; yea, and also that these our great cities shall be taken from us, that we shall have no place in them.

And now we know that this is impossible, for behold, we are powerful, and our cities great, therefore our enemies can have no power over us.

And it came to pass that thus they did stir up the people to anger against Nephi, and raised contentions among them; for there were some who did cry out: Let this man alone, for he is a good man, and those things which he saith will surely come to pass except we repent;

- 8 Oo, masdan, lahat ng kahatulang pinatotohanan niya sa atin ay sasapitin natin; sapagkat nalalaman natin na siya ay nagpatotoo nang tama sa atin hinggil sa ating mga kasamaan. At masdan, ang mga ito ay marami, at nalalaman niya ang lahat ng bagay na mangyayari sa atin tulad ng pagkakaalam niya ng ating mga kasamaan;
- 9 Oo, at masdan, kung hindi siya isang propeta, hindi sana siya nakapagpatotoo hinggil sa mga bagay na yaon.
- 10 At ito ay nangyari na, na ang mga yaong taong naghahangad na patayin si Nephi ay napipilan dahil sa kanilang takot, kung kaya't hindi nila nasaktan siya ng kanilang mga kamay; anupa't siya ay nagsimulang mangusap muli sa kanila, nakikitang nakuha niya ang pagsang-ayon sa paningin ng ilan, hanggang sa ang yaong mga nalalabi sa kanila ay natakot.
- 11 Kaya nga, siya ay napilit na mangusap pa sa kanila sinasabing: Masdan, mga kapatid ko, hindi ba ninyo nabasa na ang Diyos ay nagbigay ng kapangyarihan sa isang tao, maging kay Moises, na hampasin ang mga tubig ng Dagat na Pula, at nahati ito rito at doon, hanggang sa ang mga Israelita, na ating mga ama, ay dumaan sa tuyong lupa, at ang mga tubig ay nagsara sa mga hukbo ng mga taga-Egipto at nilulon sila?
- 12 At ngayon masdan, kung ang Diyos ay nagbigay ng gayong kapangyarihan sa taong ito, kung gayon bakit kinakailangan kayong magtalu-talo sa inyong sarili, at sabihing hindi niya ako binigyan ng kapangyarihan na malaman ko ang hinggil sa mga kahatulang sasapit sa inyo maliban kung kayo ay magsisisi?
- 13 Subalit, masdan, hindi lamang ninyo itinatwa ang aking mga salita, kundi itinatwa rin ninyo ang lahat ng salitang sinabi sa inyo ng ating mga ama, at gayon din ang mga salitang sinabi ng taong ito, si Moises, na may gayong kalaking kapangyarihan na ibinigay sa kanya, oo, ang mga salitang sinabi niya hinggil sa pagparito ng Mesiyas.
- 14 Oo, hindi ba't siya ay nagpatotoo na paparito ang Anak ng Diyos? At tulad ng pagtaas niya ng tansong ahas sa ilang, maging gayon din ay itataas siya na paparito.

Yea, behold, all the judgments will come upon us which he has testified unto us; for we know that he has testified aright unto us concerning our iniquities. And behold they are many, and he knoweth as well all things which shall befall us as he knoweth of our iniquities;

Yea, and behold, if he had not been a prophet he could not have testified concerning those things.

And it came to pass that those people who sought to destroy Nephi were compelled because of their fear, that they did not lay their hands on him; therefore he began again to speak unto them, seeing that he had gained favor in the eyes of some, insomuch that the remainder of them did fear.

Therefore he was constrained to speak more unto them saying: Behold, my brethren, have ye not read that God gave power unto one man, even Moses, to smite upon the waters of the Red Sea, and they parted hither and thither, insomuch that the Israelites, who were our fathers, came through upon dry ground, and the waters closed upon the armies of the Egyptians and swallowed them up?

And now behold, if God gave unto this man such power, then why should ye dispute among yourselves, and say that he hath given unto me no power whereby I may know concerning the judgments that shall come upon you except ye repent?

But, behold, ye not only deny my words, but ye also deny all the words which have been spoken by our fathers, and also the words which were spoken by this man, Moses, who had such great power given unto him, yea, the words which he hath spoken concerning the coming of the Messiah.

Yea, did he not bear record that the Son of God should come? And as he lifted up the brazen serpent in the wilderness, even so shall he be lifted up who should come.

15 At kung gaano karami ang tumingin sa ahas na yaon ay nabuhay, gayon din kasindami ng titingin sa Anak ng Diyos na may pananampalataya, nang may nagsisising espiritu, ay mabubuhay, maging sa yaong buhay na walang hanggan.

16 At ngayon masdan, hindi lamang si Moises ang nagpatotoo sa mga bagay na ito, kundi ang lahat din ng banal na propeta, mula noong kanyang mga araw maging hanggang sa mga araw ni Abraham.

17 Oo, at masdan, nakita ni Abraham ang kanyang pagparito, at napuspos ng kagalakan at nagsaya.

18 Oo, at masdan sinasabi ko sa inyo, na hindi lamang si Abraham ang nakaalam ng mga bagay na ito, kundi marami pa bago ang mga araw ni Abraham na mga natawag sa orden ng Diyos; oo, maging alinsunod sa orden ng kanyang Anak; at ito ay upang maipakita sa mga tao, libu-libong taon bago ang kanyang pagparito, na maging ang pagtubos ay mapapasakanila.

19 At ngayon nais kong malaman ninyo, na maging sa simula pa lamang noong mga araw ni Abraham ay marami nang propeta ang nagpatotoo sa mga bagay na ito; oo, masdan, si Propetang Zenos ay nagpatotoo nang buong tapang; sa dahilang yaon siya ay pinatay.

20 At masdan, gayon din si Zenok, at gayon din si Ezias, at gayon din si Isaias, at Jeremias, (si Jeremias na siya ring propetang nagpatotoo tungkol sa pagkawasak ng Jerusalem) at ngayon nalalaman natin na ang Jerusalem ay nawasak na alinsunod sa mga salita ni Jeremias. O kung gayon ay bakit hindi paparito ang Anak ng Diyos, alinsunod sa kanyang propesiya?

21 At ngayon makikipagtalo ba kayo na ang Jerusalem ay nawasak na? Sasabihin ba ninyong hindi napatay ang mga anak na lalaki ni Zedekias, lahat maliban kay Mulek? Oo, at hindi ba ninyo namamalas na ang mga binhi ni Zedekias ay kasama natin, at sila ay itinaboy palabas ng lupain ng Jerusalem? Subalit masdan, hindi lamang ito—

And as many as should look upon that serpent should live, even so as many as should look upon the Son of God with faith, having a contrite spirit, might live, even unto that life which is eternal.

And now behold, Moses did not only testify of these things, but also all the holy prophets, from his days even to the days of Abraham.

Yea, and behold, Abraham saw of his coming, and was filled with gladness and did rejoice.

Yea, and behold I say unto you, that Abraham not only knew of these things, but there were many before the days of Abraham who were called by the order of God; yea, even after the order of his Son; and this that it should be shown unto the people, a great many thousand years before his coming, that even redemption should come unto them.

And now I would that ye should know, that even since the days of Abraham there have been many prophets that have testified these things; yea, behold, the prophet Zenos did testify boldly; for the which he was slain.

And behold, also Zenock, and also Ezias, and also Isaias, and Jeremiah, (Jeremiah being that same prophet who testified of the destruction of Jerusalem) and now we know that Jerusalem was destroyed according to the words of Jeremiah. O then why not the Son of God come, according to his prophecy?

And now will you dispute that Jerusalem was destroyed? Will ye say that the sons of Zedekiah were not slain, all except it were Mulek? Yea, and do ye not behold that the seed of Zedekiah are with us, and they were driven out of the land of Jerusalem? But behold, this is not all—

- 22 Ang ating amang si Lehi ay itinaboy palabas ng Jerusalem dahil siya ay nagpatotoo sa mga bagay na ito. Si Nephi ay nagpatotoo rin sa mga bagay na ito, at halos lahat din ng ating mga ama, maging hanggang sa panahong ito; oo, sila ay nagpatotoo tungkol sa pagparito ni Cristo, at umaasa, at nagsasaya sa kanyang araw na darating.
- 23 At masdan, siya ay Diyos, at siya ay kasama nila, at ipinakita niya ang kanyang sarili sa kanila, na sila ay tinubos niya; at kanilang pinapurihan siya, dahil sa yaong darating.
- 24 At ngayon, nakikitang nalalaman ninyo ang mga bagay na ito at hindi ninyo maaaring itatwa ang mga ito maliban kung kayo ay magsisinungaling, kaya nga dahil dito kayo ay nagkasala, sapagkat tinanggihan ninyo ang lahat ng bagay na ito, sa kabila ng maraming katibayang natanggap ninyo; oo, maging ang lahat ng bagay ay natanggap ninyo, kapwa mga bagay sa langit, at lahat ng bagay na nasa lupa, bilang patunay na ang mga ito ay totoo.
- 25 Subalit masdan, tinanggihan ninyo ang katotohanan, at naghimagsik laban sa inyong banal na Diyos; at maging sa panahong ito, sa halip na magtipon para sa inyong sarili ng kayamanan sa langit, kung saan walang anumang bagay ang nabubulok, at kung saan walang anumang bagay na marumi ang nakaparoroon, binubuntunan ninyo ang sarili ng poot laban sa araw ng paghuhukom.
- 26 Oo, maging sa panahong ito kayo ay nahihinog na, dahil sa inyong mga pagpaslang, at inyong pangangalunya at kasamaan, para sa walang hanggang pagkawasak; oo, at maliban kung kayo ay magsisisi kaagad itong sasapit sa inyo.
- 27 Oo, masdan maging sa ngayon ay nasa mga pintuan na ninyo; oo, magtungo kayo sa hukumang-luklukan, at magsiyasat; at masdan, ang inyong hukom ay pinaslang, at siya ay nakahiga sa kanyang dugo; at siya ay pinaslang ng kanyang kapatid na lalaki, na naghahangad umupo sa hukumang-luklukan.
- 28 At masdan, sila ay kapwa kabilang sa inyong lihim na pangkat, na si Gadianton ang nagpasimula at ang yaong masama na naghahangad na wasakin ang mga kaluluwa ng tao.

Our father Lehi was driven out of Jerusalem because he testified of these things. Nephi also testified of these things, and also almost all of our fathers, even down to this time; yea, they have testified of the coming of Christ, and have looked forward, and have rejoiced in his day which is to come.

And behold, he is God, and he is with them, and he did manifest himself unto them, that they were redeemed by him; and they gave unto him glory, because of that which is to come.

And now, seeing ye know these things and cannot deny them except ye shall lie, therefore in this ye have sinned, for ye have rejected all these things, notwithstanding so many evidences which ye have received; yea, even ye have received all things, both things in heaven, and all things which are in the earth, as a witness that they are true.

But behold, ye have rejected the truth, and rebelled against your holy God; and even at this time, instead of laying up for yourselves treasures in heaven, where nothing doth corrupt, and where nothing can come which is unclean, ye are heaping up for yourselves wrath against the day of judgment.

Yea, even at this time ye are ripening, because of your murders and your fornication and wickedness, for everlasting destruction; yea, and except ye repent it will come unto you soon.

Yea, behold it is now even at your doors; yea, go ye in unto the judgment-seat, and search; and behold, your judge is murdered, and he lieth in his blood; and he hath been murdered by his brother, who seeketh to sit in the judgment-seat.

And behold, they both belong to your secret band, whose author is Gadianton and the evil one who seeketh to destroy the souls of men.

## Helaman 9

- 1 Masdan, ngayon ito ay nangyari na, nang sabihin ni Nephi ang mga salitang ito, may ilang kalalakihang kabilang sa kanila ang tumakbo patungo sa hukumang-luklukan; oo, maging lima silang humayo, at sinabi nila sa kanilang sarili, habang humahayo sila:
- 2 Masdan, ngayon malalaman natin nang may katiyakan kung ang lalaking ito ay isang propeta at inutusan siya ng Diyos na magpropesiya nang gayong mga kagila-gilalas na bagay sa atin. Masdan, hindi tayo naniniwalang siya ay inutusan; oo, hindi tayo naniniwalang isa siyang propeta; gayon pa man, kung ang bagay na ito na sinabi niya hinggil sa punong hukom ay totoo, na siya ay patay na, kung magkagayon tayo ay maniniwala na ang iba pang mga salitang sinabi niya ay totoo.
- 3 At ito ay nangyari na, na nagtakbuhan sila sa kanilang lakas, at nagtungo sa hukumang-luklukan; at masdan, ang punong hukom ay nakahandusay sa lupa, at nakahiga sa kanyang dugo.
- 4 At ngayon masdan, nang makita nila ito ay labis silang nanggilalas, kung kaya't sila ay nangabuwal sa lupa; sapagkat hindi nila pinaniwalaan ang mga salitang sinabi ni Nephi hinggil sa punong hukom.
- 5 Subalit ngayon, nang makita nila ito sila ay naniwala, at nanaig sa kanila ang takot na baka ang lahat ng kahatulang sinabi ni Nephi ay sapitin ng mga tao; kaya nga, sila ay nanginig, at bumagsak sa lupa.
- 6 Ngayon, kaagad nang mapatay ang hukom—siya na sinaksak ng kanyang kapatid na nadadamitan ng balatkayo, at siya ay tumakas, at ang mga tagapagsilbi ay nagsitakbuhan at sinabi sa mga tao, nagbubulalas ng sigaw ng pagpaslang sa kanila;
- 7 At masdan sama-samang tinipon ng mga tao ang kanilang sarili sa lugar ng hukumang-luklukan—at masdan, sa kanilang panggigilalas ay nakita nila ang yaong limang lalaki na nakahandusay sa lupa.
- 8 At ngayon masdan, ang mga tao ay walang alam hinggil sa maraming tao na sama-samang nagtipon sa halamanan ni Nephi; kaya nga sinabi nila sa kanilang sarili: Ang mga lalaking ito ang siyang pumaslang sa hukom, at sila ay binagabag ng Diyos upang hindi sila makatakas sa atin.

## Helaman 9

Behold, now it came to pass that when Nephi had spoken these words, certain men who were among them ran to the judgment-seat; yea, even there were five who went, and they said among themselves, as they went:

Behold, now we will know of a surety whether this man be a prophet and God hath commanded him to prophesy such marvelous things unto us. Behold, we do not believe that he hath; yea, we do not believe that he is a prophet; nevertheless, if this thing which he has said concerning the chief judge be true, that he be dead, then will we believe that the other words which he has spoken are true.

And it came to pass that they ran in their might, and came in unto the judgment-seat; and behold, the chief judge had fallen to the earth, and did lie in his blood.

And now behold, when they saw this they were astonished exceedingly, insomuch that they fell to the earth; for they had not believed the words which Nephi had spoken concerning the chief judge.

But now, when they saw they believed, and fear came upon them lest all the judgments which Nephi had spoken should come upon the people; therefore they did quake, and had fallen to the earth.

Now, immediately when the judge had been murdered—he being stabbed by his brother by a garb of secrecy, and he fled, and the servants ran and told the people, raising the cry of murder among them;

And behold the people did gather themselves together unto the place of the judgment-seat—and behold, to their astonishment they saw those five men who had fallen to the earth.

And now behold, the people knew nothing concerning the multitude who had gathered together at the garden of Nephi; therefore they said among themselves: These men are they who have murdered the judge, and God has smitten them that they could not flee from us.

- 9 At ito ay nangyari na, na kanilang dinakip sila, at kanilang iginapos sila at itinapon sila sa bilangguan. At nagpalaganap ng isang pahayag na pinaslang ang hukom, at na ang mga mamamatay-tao ay nadakip at itinapon sa bilangguan.
- 10 At ito ay nangyari na, na sa kinabukasan samasamang tinipon ng mga tao ang kanilang sarili upang magdalamhati at upang mag-ayuno, sa libing ng dakilang punong hukom na pinatay.
- 11 At sa gayon ang lahat din ng mga yaong hukom na nasa halamanan ni Nephi, at nakarinig sa kanyang mga salita, ay sama-sama ring nagtipon sa libing.
- 12 At ito ay nangyari na, na sila ay nagtanong sa mga tao, sinasabing: Nasaan ang limang isinugo upang alamin ang hinggil sa punong hukom kung siya ay patay na nga? At tumugon sila at sinabi: Hinggil sa limang ito na sinasabi ninyong isinugo ninyo, ay wala kaming nalalaman; subalit may limang mamamatay-tao, na aming itinapon sa bilangguan.
- 13 At ito ay nangyari na, na hiniling ng mga hukom na dalhin sila; at sila ay dinala, at masdan, sila ang yaong limang isinugo; at masdan, ang mga hukom ay nagtanong sa kanila hinggil sa bagay na yaon, at sinabi nila ang lahat ng ginawa nila, sinasabing:
- 14 Kami ay tumakbo at nakarating sa lugar ng hukumang-luklukan, at nang makita namin ang lahat ng bagay maging tulad ng pinatototohanan ni Nephi, kami ay nanggilalas kung kaya nga't kami ay bumagsak sa lupa; at nang kami ay makabawi mula sa aming panggigilalas, masdan, itinapon nila kami sa bilangguan.
- 15 Ngayon, hinggil sa pagpaslang sa taong ito, hindi namin nalalaman kung sino ang may gawa nito; at ito lamang ang nalalaman namin, kami ay tumakbo at nagtungo alinsunod sa inyong kahilingan, at masdan, siya ay patay na, alinsunod sa mga salita ni Nephi.

And it came to pass that they laid hold on them, and bound them and cast them into prison. And there was a proclamation sent abroad that the judge was slain, and that the murderers had been taken and were cast into prison.

And it came to pass that on the morrow the people did assemble themselves together to mourn and to fast, at the burial of the great chief judge who had been slain.

And thus also those judges who were at the garden of Nephi, and heard his words, were also gathered together at the burial.

And it came to pass that they inquired among the people, saying: Where are the five who were sent to inquire concerning the chief judge whether he was dead? And they answered and said: Concerning this five whom ye say ye have sent, we know not; but there are five who are the murderers, whom we have cast into prison.

And it came to pass that the judges desired that they should be brought; and they were brought, and behold they were the five who were sent; and behold the judges inquired of them to know concerning the matter, and they told them all that they had done, saying:

We ran and came to the place of the judgment-seat, and when we saw all things even as Nephi had testified, we were astonished insomuch that we fell to the earth; and when we were recovered from our astonishment, behold they cast us into prison.

Now, as for the murder of this man, we know not who has done it; and only this much we know, we ran and came according as ye desired, and behold he was dead, according to the words of Nephi.

- 16 At ngayon ito ay nangyari na, na ipinaliwanag ng mga hukom ang bagay na yaon sa mga tao, at nangusap laban kay Nephi, sinasabing: Masdan, nalalaman natin na ang Nephi na ito ay nakipagkasundo sa kung sino upang patayin ang hukom, at pagkatapos ito ay ihahayag sa atin, upang kanyang mapaniwala tayo sa kanyang pananampalataya, upang maipagmalaki niya ang kanyang sarili na isang dakilang tao, pinili ng Diyos, at isang propeta.
- 17 At ngayon masdan, ilalantad natin ang lalaking ito, at ipagtatapat niya ang kanyang kasalanan at ipaaalam sa atin ang tunay na mamamatay-tao ng hukom na ito.
- 18 At ito ay nangyari na, na ang lima ay pinalaya sa araw ng libing. Gayon pa man, pinagsabihan nila ang mga hukom hinggil sa mga salitang sinabi nila laban kay Nephi, at isa-isang nakipagtalo sa kanila, hanggang sa kanilang nalito sila.
- 19 Gayon pa man, pinapangyari nila na si Nephi ay dakpin at dalhin sa harapan ng maraming tao, at nagsimula silang tanungin siya sa iba't ibang paraan upang kanilang lituhin siya, upang kanilang masakdalan siya tungo sa kamatayan—
- 20 Sinasabi sa kanya: Ikaw ay kasabwat; sino ang taong ito na siyang gumawa ng pagpaslang na ito? Ngayon sabihin mo sa amin, at aminin mo ang iyong kasalanan; sinasabing, Masdan ito ang salapi; at ipagkakaloob din namin sa iyo ang iyong buhay kung sasabihin mo sa amin, at aaminin ang pakikipagkasundong ginawa mo sa kanya.
- 21 Subalit sinabi ni Nephi sa kanila: O kayong mga hangal, kayong mga hindi tuli ang puso, kayong mga bulag, at kayong mga taong matitigas ang leeg, nalalaman ba ninyo kung hanggang kailan kayo pahihintulutan ng Panginoon ninyong Diyos na magpatuloy sa ganitong pamamaraan ninyo ng pagkakasala?
- 22 O nararapat kayong magsimulang humagulgol at magdalamhati, dahil sa malaking pagkalipol na sa panahong ito ay naghihintay sa inyo, maliban kung kayo ay magsisisi.

And now it came to pass that the judges did expound the matter unto the people, and did cry out against Nephi, saying: Behold, we know that this Nephi must have agreed with some one to slay the judge, and then he might declare it unto us, that he might convert us unto his faith, that he might raise himself to be a great man, chosen of God, and a prophet.

And now behold, we will detect this man, and he shall confess his fault and make known unto us the true murderer of this judge.

And it came to pass that the five were liberated on the day of the burial. Nevertheless, they did rebuke the judges in the words which they had spoken against Nephi, and did contend with them one by one, insomuch that they did confound them.

Nevertheless, they caused that Nephi should be taken and bound and brought before the multitude, and they began to question him in divers ways that they might cross him, that they might accuse him to death—

Saying unto him: Thou art confederate; who is this man that hath done this murder? Now tell us, and acknowledge thy fault; saying, Behold here is money; and also we will grant unto thee thy life if thou wilt tell us, and acknowledge the agreement which thou hast made with him.

But Nephi said unto them: O ye fools, ye uncircumcised of heart, ye blind, and ye stiffnecked people, do ye know how long the Lord your God will suffer you that ye shall go on in this your way of sin?

O ye ought to begin to howl and mourn, because of the great destruction which at this time doth await you, except ye shall repent.



23 Masdan, sinasabi ninyo na nakipagkasundo ako sa isang tao na patayin niya si Sisoram, ang ating punong hukom. Subalit masdan, sinasabi ko sa inyo, na ito ay dahil sa nagpatotoo ako sa inyo upang malaman ninyo ang hinggil sa bagay na ito; oo, maging bilang isang patunay sa inyo, na nalalaman ko ang kasamaan at mga karumal-dumal na gawain na nasa inyo.

24 At dahil sa ginawa ko ito, ay sinasabi ninyong nakipagkasundo ako sa isang tao na gawin niya ang bagay na ito, oo, dahil sa ipinakita ko sa inyo ang palatandaang ito kayo ay nagagalit sa akin, at naghahangad na kitlin ang buhay ko.

25 At ngayon masdan, magpapakita ako sa inyo ng isa pang palatandaan, at tingnan kung sa bagay na ito'y hahangarin pa ninyong patayin ako.

26 Masdan, sinasabi ko sa inyo: Magtungo sa tahanan ni Seantum, na kapatid na lalaki ni Sisoram, at sabihin sa kanya—

27 Si Nephi ba, na nagkukunwaring propeta, na nagpropesiya ng labis na kasamaan hinggil sa mga taong ito, ay nakipagkasundo sa iyo, kung kaya't pinaslang mo si Sisoram, na iyong kapatid?

28 At masdan, sasabihin niya sa inyo, Hindi.

29 At sabihin ninyo sa kanya: Pinaslang mo ba ang iyong kapatid?

30 At siya ay titindig sa takot, at hindi malalaman kung ano ang sasabihin. At masdan, siya ay magkakaila sa inyo; at siya ay magkukunwari na sa wari'y nanggilalas siya; gayon pa man, ipahahayag niya sa inyo na wala siyang kasalanan.

31 Subalit masdan, siyasatin ninyo siya, at makikita ninyo ang dugo sa laylayan ng kanyang balabal.

32 At kapag nakita ninyo ito, sabihin ninyo: Saan galing ang dugong ito? Hindi ba namin nalalaman na ito ay dugo ng iyong kapatid?

33 At sa gayon siya ay manginginig, at mamumutla, maging sa wari'y sumapit ang kamatayan sa kanya.

34 At pagkatapos sabihin ninyo: Dahil sa takot na ito at sa pamumutlang ito na nakikita sa iyong mukha, masdan, nalalaman namin na ikaw ang may sala.

35 At sa gayon mananaig sa kanya ang higit na malaking takot; at doon siya magtatapat sa inyo, at hindi na magkakaila pa na siya ang gumawa ng pagpaslang na ito.

Behold ye say that I have agreed with a man that he should murder Seezoram, our chief judge. But behold, I say unto you, that this is because I have testified unto you that ye might know concerning this thing; yea, even for a witness unto you, that I did know of the wickedness and abominations which are among you.

And because I have done this, ye say that I have agreed with a man that he should do this thing; yea, because I showed unto you this sign ye are angry with me, and seek to destroy my life.

And now behold, I will show unto you another sign, and see if ye will in this thing seek to destroy me.

Behold I say unto you: Go to the house of Seantum, who is the brother of Seezoram, and say unto him—

Has Nephi, the pretended prophet, who doth prophesy so much evil concerning this people, agreed with thee, in the which ye have murdered Seezoram, who is your brother?

And behold, he shall say unto you, Nay.

And ye shall say unto him: Have ye murdered your brother?

And he shall stand with fear, and wist not what to say. And behold, he shall deny unto you; and he shall make as if he were astonished; nevertheless, he shall declare unto you that he is innocent.

But behold, ye shall examine him, and ye shall find blood upon the skirts of his cloak.

And when ye have seen this, ye shall say: From whence cometh this blood? Do we not know that it is the blood of your brother?

And then shall he tremble, and shall look pale, even as if death had come upon him.

And then shall ye say: Because of this fear and this paleness which has come upon your face, behold, we know that thou art guilty.

And then shall greater fear come upon him; and then shall he confess unto you, and deny no more that he has done this murder.

- 36 At pagkatapos sasabihin niya sa inyo, na ako, si Nephi, ay walang nalalaman hinggil sa bagay na yaon maliban sa ibinigay sa akin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. At sa gayon malalaman ninyo na ako ay isang matapat na tao, at na ako ay isinugo sa inyo mula sa Diyos.
- 37 At ito ay nangyari na, na sila ay humayo at ginawa, maging ang naaayon sa sinabi ni Nephi sa kanila. At masdan, ang mga salitang sinabi niya ay totoo; sapagkat alinsunod sa mga salita siya ay nagkaila; at alinsunod din sa mga salita siya ay nagtapat.
- 38 At siya ay dinakip upang patunayan na siya nga ang yaong pumaslang, kung kaya nga't ang lima ay pinalaya, at gayon din si Nephi.
- 39 At may ilan din sa mga Nephita ang naniwala sa mga salita ni Nephi; at may ilan din ang naniwala dahil sa patotoo ng lima, sapagkat nagbalik-loob sila habang nasa bilangguan.
- 40 At ngayon, may ilan sa mga tao, ang nagsabing si Nephi ay isang propeta.
- 41 At may ilan ding nagsabi: Masdan, siya ay isang diyos, sapagkat maliban sa siya ay isang diyos ay hindi niya maaaring malaman ang lahat ng bagay. Sapagkat masdan, sinabi niya sa atin ang nasasaloob ng ating mga puso, at nagsabi rin sa atin ng mga bagay; at maging sa ibinigay niya sa ating kaalaman ang tunay na pumaslang sa ating punong hukom.

And then shall he say unto you, that I, Nephi, know nothing concerning the matter save it were given unto me by the power of God. And then shall ye know that I am an honest man, and that I am sent unto you from God.

And it came to pass that they went and did, even according as Nephi had said unto them. And behold, the words which he had said were true; for according to the words he did deny; and also according to the words he did confess.

And he was brought to prove that he himself was the very murderer, insomuch that the five were set at liberty, and also was Nephi.

And there were some of the Nephites who believed on the words of Nephi; and there were some also, who believed because of the testimony of the five, for they had been converted while they were in prison.

And now there were some among the people, who said that Nephi was a prophet.

And there were others who said: Behold, he is a god, for except he was a god he could not know of all things. For behold, he has told us the thoughts of our hearts, and also has told us things; and even he has brought unto our knowledge the true murderer of our chief judge.

## Helaman 10

- 1 At ito ay nangyari na, na nagkaroon ng paghahati sa mga tao, hanggang sa maghiwa-hiwalay sila rito at doon at nagsihayo sa kani-kanyang mga landas, iniwang nag-iisa si Nephi, habang siya ay nakatindig sa gitna nila.
- 2 At ito ay nangyari na, na si Nephi ay humayo patungo sa sarili niyang tahanan, nagbubulay-bulay sa mga bagay na ipinakita sa kanya ng Panginoon.
- 3 At ito ay nangyari na, na habang nasa gayon siyang pagbubulay-bulay—labis na nanlulumo dahil sa kasamaan ng mga tao ng mga Nephita, dahil sa kanilang mga lihim na gawain ng kadiliman, at kanilang mga pagpaslang, at kanilang mga pandarambong, at lahat ng uri ng kasamaan—at ito ay nangyari na, na habang nasa gayon siyang pagbubulay-bulay sa kanyang puso, masdan, isang tinig ang nangusap sa kanya sinasabing:
  - 4 Pinagpala ka, Nephi, dahil sa mga yaong bagay na ginawa mo; sapagkat namasdan ko kung paano mo ipinahayag nang walang kapaguran ang salita, na ibinigay ko sa iyo, para sa mga taong ito. At hindi ka natakot sa kanila, at hindi mo inalintana ang sarili mong buhay, kundi sinunod ang aking kalooban, at sinunod ang aking mga kautusan.
  - 5 At ngayon, sapagkat ginawa mo ito nang walang kapaguran, masdan, pagpapalain kita magpakailanman; at gagawin kitang makapangyarihan sa salita at sa gawa, sa pananampalataya at sa mga gawa; oo, maging ang lahat ng bagay ay magagawa mo alinsunod sa iyong mga salita, sapagkat hindi ka hihiling nang salungat sa aking kalooban.
  - 6 Masdan, ikaw si Nephi, at ako ang Diyos. Masdan, ipinahahayag ko ito sa iyo sa harapan ng aking mga anghel, na magkakaroon ka ng kapangyarihan sa mga taong ito, at parurusahan ang mundo sa pamamagitan ng taggutom, at sa pamamagitan ng salot, at pagkawasak, alinsunod sa kasamaan ng mga taong ito.

## Helaman 10

And it came to pass that there arose a division among the people, insomuch that they divided hither and thither and went their ways, leaving Nephi alone, as he was standing in the midst of them.

And it came to pass that Nephi went his way towards his own house, pondering upon the things which the Lord had shown unto him.

And it came to pass as he was thus pondering—being much cast down because of the wickedness of the people of the Nephites, their secret works of darkness, and their murderings, and their plunderings, and all manner of iniquities—and it came to pass as he was thus pondering in his heart, behold, a voice came unto him saying:

Blessed art thou, Nephi, for those things which thou hast done; for I have beheld how thou hast with unwearyingness declared the word, which I have given unto thee, unto this people. And thou hast not feared them, and hast not sought thine own life, but hast sought my will, and to keep my commandments.

And now, because thou hast done this with such unwearyingness, behold, I will bless thee forever; and I will make thee mighty in word and in deed, in faith and in works; yea, even that all things shall be done unto thee according to thy word, for thou shalt not ask that which is contrary to my will.

Behold, thou art Nephi, and I am God. Behold, I declare it unto thee in the presence of mine angels, that ye shall have power over this people, and shall smite the earth with famine, and with pestilence, and destruction, according to the wickedness of this people.

- 7 Masdan, aking ibinibigay sa iyo ang kapangyarihan, na anuman ang ibubuklod mo sa lupa ay mabubuklod din sa langit; at anuman ang paghihiwalayin mo sa lupa ay mahihiwalay rin sa langit; at sa gayon magkakaroon ka ng kapangyarihan sa mga taong ito.
- 8 At sa gayon, kung sasabihin mong mahati sa dalawa ang templong ito, magaganap nga ito.
- 9 At kung sasabihin mo sa bundok na ito, Ikaw ay lumatag at maging patag, magaganap nga ito.
- 10 At masdan, kung sasabihin mong parusahan ng Diyos ang mga taong ito, mangyayari nga ito.
- 11 At ngayon masdan, inuutusan kita, na humayo ka at ipahayag sa mga taong ito, na ganito ang wika ng Panginoong Diyos, na siyang Pinakamakapangyarihan: Maliban kung kayo ay magsisisi babagabagin kayo, maging hanggang sa pagkalipol.
- 12 At masdan, ngayon ito ay nangyari na, nang sabihin ng Panginoon ang mga salitang ito kay Nephi, siya ay huminto at hindi na nagtungo sa sarili niyang tahanan, kundi nagbalik sa maraming tao na nagkalat sa paligid ng lupain, at nagsimulang ihayag sa kanila ang mga salita ng Panginoon na sinabi sa kanya, hinggil sa kanilang pagkalipol kung hindi sila magsisisi.
- 13 Ngayon masdan, sa kabila ng yaong malaking himalang ginawa ni Nephi sa pagsasabi sa kanila hinggil sa kamatayan ng punong hukom, ay pinatigas nila ang kanilang mga puso at hindi pinakinggan ang mga salita ng Panginoon.
- 14 Anupa't ipinahayag ni Nephi sa kanila ang mga salita ng Panginoon, sinasabing: Maliban kung kayo ay magsisisi, ganito ang wika ng Panginoon, kayo ay babagabagin maging hanggang sa pagkalipol.
- 15 At ito ay nangyari na, nang ipahayag ni Nephi ang salita sa kanila, masdan, pinatigas pa rin nila ang kanilang mga puso at tumangging makinig sa kanyang mga salita; anupa't kanilang nilait siya, at naghagad na hawakan siya ng kanilang mga kamay upang kanilang maitapon siya sa bilangguan.

Behold, I give unto you power, that whatsoever ye shall seal on earth shall be sealed in heaven; and whatsoever ye shall loose on earth shall be loosed in heaven; and thus shall ye have power among this people.

And thus, if ye shall say unto this temple it shall be rent in twain, it shall be done.

And if ye shall say unto this mountain, Be thou cast down and become smooth, it shall be done.

And behold, if ye shall say that God shall smite this people, it shall come to pass.

And now behold, I command you, that ye shall go and declare unto this people, that thus saith the Lord God, who is the Almighty: Except ye repent ye shall be smitten, even unto destruction.

And behold, now it came to pass that when the Lord had spoken these words unto Nephi, he did stop and did not go unto his own house, but did return unto the multitudes who were scattered about upon the face of the land, and began to declare unto them the word of the Lord which had been spoken unto him, concerning their destruction if they did not repent.

Now behold, notwithstanding that great miracle which Nephi had done in telling them concerning the death of the chief judge, they did harden their hearts and did not hearken unto the words of the Lord.

Therefore Nephi did declare unto them the word of the Lord, saying: Except ye repent, thus saith the Lord, ye shall be smitten even unto destruction.

And it came to pass that when Nephi had declared unto them the word, behold, they did still harden their hearts and would not hearken unto his words; therefore they did revile against him, and did seek to lay their hands upon him that they might cast him into prison.

16 Subalit masdan, ang kapangyarihan ng Diyos ay nasa kanya, at hindi nila magawang dakpin siya upang siya ay maitapon sa bilangguan, sapagkat siya ay kinuha ng Espiritu at dinalang palayo mula gitna nila.

17 At ito ay nangyari na, na sa gayon siya humayo sa Espiritu, sa bawat pangkat ng maraming tao, ipinahahayag ang salita ng Diyos, maging hanggang sa maipahayag niya ito sa kanilang lahat, o naiparating ito sa lahat ng tao.

18 At ito ay nangyari na, na sila ay tumangging makinig sa kanyang mga salita; at nagsimulang magkaroon ng mga alitan, hanggang sa nagkahati-hati sila laban sa kanilang sarili at nagsimulang patayin ang isa't isa sa pamamagitan ng espada.

19 At sa gayon nagtapos ang ikapitumpu at isang taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.

But behold, the power of God was with him, and they could not take him to cast him into prison, for he was taken by the Spirit and conveyed away out of the midst of them.

And it came to pass that thus he did go forth in the Spirit, from multitude to multitude, declaring the word of God, even until he had declared it unto them all, or sent it forth among all the people.

And it came to pass that they would not hearken unto his words; and there began to be contentions, insomuch that they were divided against themselves and began to slay one another with the sword.

And thus ended the seventy and first year of the reign of the judges over the people of Nephi.

## Helaman 11

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, na sa ikapitumpu at dalawang taon ng panunungkulan ng mga hukom na, ang mga alitan ay lumaki, hanggang sa magkaroon ng digmaan sa lahat ng dako ng buong lupain sa lahat ng tao ni Nephi.
- 2 At itong lihim na pangkat ng mga tulisan ang siyang nagpatuloy nang gawaing ito ng pagwasak at kasamaan. At ang digmaang ito ay tumagal ng buong taong yaon; at tumagal din ito sa ikapitumpu at tatlong taon.
- 3 At ito ay nangyari na, na sa taong yaon si Nephi ay nagsumamo sa Panginoon, sinasabing:
- 4 O Panginoon, huwag ipahintulot na ang mga taong ito ay malipol sa pamamagitan ng espada; subalit O Panginoon, higit na mabuting magkaroon ng taggutom sa lupain, upang mapukaw sila sa pagalaala sa Panginoon nilang Diyos, at baka sakaling sila ay magsisi at bumalik sa inyo.
- 5 At naganap nga ito, alinsunod sa mga salita ni Nephi. At nagkaroon ng masidhing taggutom sa lupain, sa lahat ng tao ni Nephi. At sa gayon sa ikapitumpu at apat na taon ay nagpatuloy ang taggutom, at ang gawain ng paglipol ay tumigil sa pamamagitan ng espada subalit naging masidhi sa pamamagitan ng taggutom.
- 6 At ang gawaing ito ng paglipol ay nagpatuloy rin sa ikapitumpu at limang taon. Sapagkat ang lupa ay binagabag kung kaya't natuyo ito, at hindi nagbunga ng butil sa panahon ng tagsibol; at ang buong lupain ay binagabag, maging sa mga Lamanita at gayon din sa mga Nephita, kung kaya't sila ay binagabag na nasawi sila nang libu-libo sa higit na masasamang bahagi ng lupain.
- 7 At ito ay nangyari na, na napagtanto ng mga tao na malapit na silang mangasawi sa pamamagitan ng taggutom, at nagsimulang maalaala nila ang Panginoon nilang Diyos; at nagsimulang maalaala nila ang mga salita ni Nephi.

## Helaman 11

And now it came to pass in the seventy and second year of the reign of the judges that the contentions did increase, insomuch that there were wars throughout all the land among all the people of Nephi.

And it was this secret band of robbers who did carry on this work of destruction and wickedness. And this war did last all that year; and in the seventy and third year it did also last.

And it came to pass that in this year Nephi did cry unto the Lord, saying:

O Lord, do not suffer that this people shall be destroyed by the sword; but O Lord, rather let there be a famine in the land, to stir them up in remembrance of the Lord their God, and perhaps they will repent and turn unto thee.

And so it was done, according to the words of Nephi. And there was a great famine upon the land, among all the people of Nephi. And thus in the seventy and fourth year the famine did continue, and the work of destruction did cease by the sword but became sore by famine.

And this work of destruction did also continue in the seventy and fifth year. For the earth was smitten that it was dry, and did not yield forth grain in the season of grain; and the whole earth was smitten, even among the Lamanites as well as among the Nephites, so that they were smitten that they did perish by thousands in the more wicked parts of the land.

And it came to pass that the people saw that they were about to perish by famine, and they began to remember the Lord their God; and they began to remember the words of Nephi.

- 8 At ang mga tao ay nagsimulang makiusap sa kanilang mga punong hukom at kanilang mga pinuno, na sabihin nila kay Nephi: Masdan, nalalaman namin na isa kang tao ng Diyos, at kaya nga magsumamo sa Panginoon nating Diyos na alisin niya mula sa atin ang taggutom na ito, at baka ang lahat ng salitang sinabi mo hinggil sa aming pagkalipol ay matupad.
- 9 At ito ay nangyari na, na sinabi ng mga hukom kay Nephi, ang alinsunod sa mga salitang ninais. At ito ay nangyari na, nang makita ni Nephi na ang mga tao ay nagsisi at nagpakumbaba ng kanilang sarili sa damit na magaspang, siya ay nagsumamong muli sa Panginoon, sinasabing:
- 10 O Panginoon, masdan nagsisisi na ang mga taong ito; at nilipol nila ang pangkat ni Gadianton mula sa kanila hanggang sa sila ay mapalis, at ikinubli ang kanilang mga lihim na plano sa ilalim ng lupa.
- 11 Ngayon, O Panginoon, dahil sa kanilang pagpapakumbabang ito maaari bang alisin ninyo ang inyong galit, at hayaan na ang inyong galit ay maglubag sa pagkalipol ng yaong masasamang tao na inyo nang nalipol.
- 12 O Panginoon, maaari bang alisin ninyo ang inyong galit, oo, ang inyong masidhing galit, at itulot na ang taggutom ay tumigil na sa lupaing ito.
- 13 O Panginoon, maaari bang pakinggan ninyo ako, at itulot na maganap ang alinsunod sa aking mga salita, at magpadala ng ulan sa ibabaw ng lupain, upang siya ay mamunga, at ang kanyang mga butil sa panahon ng tagsibol.
- 14 O Panginoon, pinakinggan ninyo ang aking mga salita nang sabihin kong, Magkaroon ng taggutom, upang ang salot ng espada ay matigil; at nalalaman ko na kayo, maging sa panahong ito, ay makikinig sa aking mga salita, sapagkat sinabi ninyo: Kung ang mga taong ito ay magsisisi patatawarin ko sila.
- 15 Oo, O Panginoon, at nakikita ninyo na sila ay nagsisi, dahil sa taggutom at sa salot at pagkalipol na sumapit sa kanila.
- 16 At ngayon, O Panginoon, maaari bang alisin ninyo ang inyong galit, at subuking muli kung sila ay maglilingkod sa inyo? At kung magkagayon, O Panginoon, maaari ninyong pagpalain sila alinsunod sa inyong mga salita na inyong sinabi.

And the people began to plead with their chief judges and their leaders, that they would say unto Nephi: Behold, we know that thou art a man of God, and therefore cry unto the Lord our God that he turn away from us this famine, lest all the words which thou hast spoken concerning our destruction be fulfilled.

And it came to pass that the judges did say unto Nephi, according to the words which had been desired. And it came to pass that when Nephi saw that the people had repented and did humble themselves in sackcloth, he cried again unto the Lord, saying:

O Lord, behold this people repenteth; and they have swept away the band of Gadianton from amongst them insomuch that they have become extinct, and they have concealed their secret plans in the earth.

Now, O Lord, because of this their humility wilt thou turn away thine anger, and let thine anger be appeased in the destruction of those wicked men whom thou hast already destroyed.

O Lord, wilt thou turn away thine anger, yea, thy fierce anger, and cause that this famine may cease in this land.

O Lord, wilt thou hearken unto me, and cause that it may be done according to my words, and send forth rain upon the face of the earth, that she may bring forth her fruit, and her grain in the season of grain.

O Lord, thou didst hearken unto my words when I said, Let there be a famine, that the pestilence of the sword might cease; and I know that thou wilt, even at this time, hearken unto my words, for thou saidst that: If this people repent I will spare them.

Yea, O Lord, and thou seest that they have repented, because of the famine and the pestilence and destruction which has come unto them.

And now, O Lord, wilt thou turn away thine anger, and try again if they will serve thee? And if so, O Lord, thou canst bless them according to thy words which thou hast said.

17 At ito ay nangyari na, na sa ikapitumpu at anim na taon ay inalis ng Panginoon ang kanyang galit mula sa mga tao, at itinulot na ang ulan ay bumuhos sa lupa, kung kaya't namunga siya sa panahon ng kanyang pagbunga. At ito ay nangyari na, na sumibol ang kanyang mga butil sa panahon ng tagsibol.

18 At masdan, ang mga tao ay nagsaya at pinapurihan ang Diyos, at ang buong lupain ay napuspos ng saya; at hindi na nila hinangad pang patayin si Nephi, kundi kanilang ipinalagay siya na isang dakilang propeta, at isang tao ng Diyos, nagtataglay ng dakilang kapangyarihan at karapatan na ibinigay sa kanya ng Diyos.

19 At masdan, si Lehi, ang kanyang kapatid, ay hindi bahagya mang nalalayo sa kanya sa mga bagay na nauukol sa kabutihan.

20 At sa gayon nangyari na ang mga tao ni Nephi ay nagsimulang muling umunlad sa lupain, at nagsimulang itayo ang kanilang mga napabayaang lugar, at nagsimulang dumami at kumalat, maging hanggang sa sila ay lumaganap sa buong lupain, kapwa sa pahilaga at sa patimog, mula sa kanlurang dagat hanggang sa silangang dagat.

21 At ito ay nangyari na, na ang ikapitumpu at anim na taon ay nagtapos sa kapayapaan. At ang ikapitumpu at pitong taon ay nagsimula sa kapayapaan; at ang simbahan ay kumalat sa lahat ng dako ng buong lupain; at ang nakararaming bahagi ng mga tao, kapwa ang mga Nephita at ang mga Lamanita, ay nabibilang sa simbahan; at sila ay nagkaroon ng labis na kapayapaan sa lupain; at sa gayon nagtapos ang ikapitumpu at pitong taon.

22 At sila ay nagkaroon din ng kapayapaan sa ikapitumpu at walong taon, maliban sa ilang pagtatalo hinggil sa mga aral ng doktrina na ipinahayag ng mga propeta.

23 At sa ikapitumpu at siyam na taon ay nagkaroon ng labis na sigalutan. Subalit ito ay nangyari na, na sina Nephi at Lehi, at marami sa kanilang mga kapatid na nakaaalam hinggil sa tunay na aral ng doktrina, na nakatatanggap ng maraming paghahayag sa araw-araw, anupa't sila ay nangaral sa mga tao, hanggang sa mawakasan nila ang kanilang sigalutan sa taon ding yaon.

And it came to pass that in the seventy and sixth year the Lord did turn away his anger from the people, and caused that rain should fall upon the earth, insomuch that it did bring forth her fruit in the season of her fruit. And it came to pass that it did bring forth her grain in the season of her grain.

And behold, the people did rejoice and glorify God, and the whole face of the land was filled with rejoicing; and they did no more seek to destroy Nephi, but they did esteem him as a great prophet, and a man of God, having great power and authority given unto him from God.

And behold, Lehi, his brother, was not a whit behind him as to things pertaining to righteousness.

And thus it did come to pass that the people of Nephi began to prosper again in the land, and began to build up their waste places, and began to multiply and spread, even until they did cover the whole face of the land, both on the northward and on the southward, from the sea west to the sea east.

And it came to pass that the seventy and sixth year did end in peace. And the seventy and seventh year began in peace; and the church did spread throughout the face of all the land; and the more part of the people, both the Nephites and the Lamanites, did belong to the church; and they did have exceedingly great peace in the land; and thus ended the seventy and seventh year.

And also they had peace in the seventy and eighth year, save it were a few contentions concerning the points of doctrine which had been laid down by the prophets.

And in the seventy and ninth year there began to be much strife. But it came to pass that Nephi and Lehi, and many of their brethren who knew concerning the true points of doctrine, having many revelations daily, therefore they did preach unto the people, insomuch that they did put an end to their strife in that same year.



- 24 At ito ay nangyari na, na sa ikawalumpung taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi, may ilang bilang ng mga tumiwalag mula sa mga tao ni Nephi, na ilang taon nang nakiisa sa mga Lamanita, at dinala sa kanilang sarili ang pangalang Lamanita, at ilan ding bilang ng mga tunay na inapo ng mga Lamanita, na pinukaw nila na magalit, o ng mga yaong tumiwalag, anupa't sila ay nagpasimula ng digmaan sa kanilang mga kapatid.
- 25 At sila ay nakagawa ng pagpaslang at nandambong; at pagkatapos sila ay umuurong pabalik sa mga bundok, at sa ilang at mga lihim na lugar, ikinukubli ang kanilang sarili upang hindi sila matagpuan, nakatatanggap araw-araw ng karagdagan sa kanilang bilang, habang may mga tumitiwalag na nakikiisa sa kanila.
- 26 At sa gayon di naglaon, maging sa loob ng hindi maraming taon, sila ay naging napakalaking pangkat ng tulisan; at sinaliksik nila ang lahat ng lihim na plano ni Gadianton; at sa gayon sila naging mga tulisan ni Gadianton.
- 27 Ngayon masdan, ang mga tulisang ito ay gumawa ng napakalaking kapinsalaan, oo, maging malaking pagkawasak sa mga tao ni Nephi, at gayon din sa mga tao ng mga Lamanita.
- 28 At ito ay nangyari na, na kinailangang wakasan ang gawaing ito ng pagwasak; kaya nga, sila ay nagpadala ng isang hukbo ng malalakas na tauhan sa ilang at sa mga bundok, upang hanapin ang pangkat na ito ng mga tulisan, at lipulin sila.
- 29 Subalit masdan, ito ay nangyari na, na sa taon ding yaon ay naitaboy silang pabalik maging sa kanilang sariling mga lupain. At sa gayon nagtapos ang ikawalumpung taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.
- 30 At ito ay nangyari na, na sa pagsisimula ng ikawalumpu at isang taon ay muli silang sumalakay laban sa pangkat ng mga tulisang ito, at nalipol ang marami; at dinalaw din sila ng labis na pagkalipol.
- 31 At muli silang napilitang umalis sa ilang at umalis sa mga bundok patungo sa sarili nilang mga lupain, dahil sa labis na kalakihan ng bilang ng mga yaong tulisan na namumugad sa mga bundok at ilang.

And it came to pass that in the eightieth year of the reign of the judges over the people of Nephi, there were a certain number of the dissenters from the people of Nephi, who had some years before gone over unto the Lamanites, and taken upon themselves the name of Lamanites, and also a certain number who were real descendants of the Lamanites, being stirred up to anger by them, or by those dissenters, therefore they commenced a war with their brethren.

And they did commit murder and plunder; and then they would retreat back into the mountains, and into the wilderness and secret places, hiding themselves that they could not be discovered, receiving daily an addition to their numbers, inasmuch as there were dissenters that went forth unto them.

And thus in time, yea, even in the space of not many years, they became an exceedingly great band of robbers; and they did search out all the secret plans of Gadianton; and thus they became robbers of Gadianton.

Now behold, these robbers did make great havoc, yea, even great destruction among the people of Nephi, and also among the people of the Lamanites.

And it came to pass that it was expedient that there should be a stop put to this work of destruction; therefore they sent an army of strong men into the wilderness and upon the mountains to search out this band of robbers, and to destroy them.

But behold, it came to pass that in that same year they were driven back even into their own lands. And thus ended the eightieth year of the reign of the judges over the people of Nephi.

And it came to pass in the commencement of the eighty and first year they did go forth again against this band of robbers, and did destroy many; and they were also visited with much destruction.

And they were again obliged to return out of the wilderness and out of the mountains unto their own lands, because of the exceeding greatness of the numbers of those robbers who infested the mountains and the wilderness.

32 At ito ay nangyari na, na sa gayon nagtapos ang taong ito. At ang mga tulisan ay patuloy pa ring dumarami at nagiging makapangyarihan, kung kaya't kinalaban nila ang buong hukbo ng mga Nephita at ng mga Lamanita; at pinapangyari nilang manaig ang masidhing takot sa mga tao sa lahat ng dako ng lupain.

33 Oo, sapagkat sinalanta nila ang maraming dako ng lupain, at gumawa ng malalaking pagwasak sa mga ito; oo, pumapatay nang marami, at dinadalang bihag ang iba sa ilang, oo, at lalung-lalo na ang kanilang kababaihan at kanilang mga anak.

34 Ngayon, ang malaking kasamaang ito, na sumapit sa mga tao dahil sa kanilang kasamaan, ang muling pumukaw sa kanila sa pag-alaala sa Panginoon nilang Diyos.

35 At sa gayon nagtapos ang ikawalumpu at isang taon ng panunungkulan ng mga hukom.

36 At sa ikawalumpu at dalawang taon ay muli silang nagsimulang makalimot sa Panginoon nilang Diyos. At sa ikawalumpu at tatlong taon sila ay nagsimulang maging malakas sa kasamaan. At sa ikawalumpu at apat na taon hindi sila nagbago ng kanilang mga pag-uugali.

37 At ito ay nangyari na, na sa ikawalumpu at limang taon sila ay lumakas nang lumakas sa kanilang kapalaluan, at sa kanilang kasamaan; at sa gayon sila nahihinog na muli para sa pagkalipol.

38 At sa gayon nagtapos ang ikawalumpu at limang taon.

And it came to pass that thus ended this year. And the robbers did still increase and wax strong, inso-much that they did defy the whole armies of the Nephites, and also of the Lamanites; and they did cause great fear to come unto the people upon all the face of the land.

Yea, for they did visit many parts of the land, and did do great destruction unto them; yea, did kill many, and did carry away others captive into the wilderness, yea, and more especially their women and their children.

Now this great evil, which came unto the people because of their iniquity, did stir them up again in remembrance of the Lord their God.

And thus ended the eighty and first year of the reign of the judges.

And in the eighty and second year they began again to forget the Lord their God. And in the eighty and third year they began to wax strong in iniquity. And in the eighty and fourth year they did not mend their ways.

And it came to pass in the eighty and fifth year they did wax stronger and stronger in their pride, and in their wickedness; and thus they were ripening again for destruction.

And thus ended the eighty and fifth year.

## Helaman 12

- 1 At sa gayon natin mamamasdan kung gaano kahuwad, at gayon din ang kahinaan ng mga puso ng mga anak ng tao; oo, nakikita natin na ang Panginoon sa kanyang walang hanggang kabutihan ay pinagpapala at pinananagana ang mga yaong nagtitiwala sa kanya.
- 2 Oo, at makikita natin sa panahon ding yaon kung kailan niya pinananagana ang kanyang mga tao, oo, sa pag-unlad ng kanilang mga bukirin, ng kanilang mga kawan ng tupa at kanilang mga bakahan, at sa ginto, at sa pilak, at sa lahat ng uri ng mahahalagang bagay ng bawat uri at kasanayan; pinangangalagaan ang kanilang mga buhay, at inililigtas sila mula sa mga kamay ng kanilang mga kaaway; pinalalambot ang mga puso ng kanilang mga kaaway upang hindi sila makidigma laban sa kanila; oo, at sa madaling salita, ginagawa ang lahat ng bagay para sa kapakanan at kaligayahan ng kanyang mga tao; oo, yaon ang panahong pinatitigas nila ang kanilang mga puso, at kinalilimutan ang Panginoon nilang Diyos, at niyuyurakan sa ilalim ng kanilang mga paa ang Banal—oo, at dahil ito sa kanilang kaginhawaan, at kanilang labis na kasaganaan.
- 3 At sa gayon nakikita natin na maliban kung parurusahan ng Panginoon ang kanyang mga tao sa pamamagitan ng maraming pagdurusa, oo, maliban kung kanyang parurusahan sila sa pamamagitan ng kamatayan at sa pamamagitan ng sindak, at sa pamamagitan ng taggutom at sa pamamagitan ng lahat ng uri ng salot, ay hindi nila siya maaalaala.
- 4 O kayhangal, at kaypalalo, at kaysama, at mala-diyablo, at kaybilis gumawa ng masama, at kaybagal gumawa ng mabuti, ang mga anak ng tao; oo, kaybilis makinig sa mga salita ng yaong masama, at inilalagak ang kanilang mga puso sa mga walang kabuluhang bagay ng daigdig!
- 5 Oo, kaybilis maiangat sa kapalaluan; oo, kaybilis magmalaki, at gumawa ng lahat ng uri ng yaong masama; at kaybagal nila sa pag-alaala sa Panginoon nilang Diyos, at pakinggan ang kanyang mga payo, oo, kaybagal lumakad sa mga landas ng karunungan!

## Helaman 12

And thus we can behold how false, and also the unsteadiness of the hearts of the children of men; yea, we can see that the Lord in his great infinite goodness doth bless and prosper those who put their trust in him.

Yea, and we may see at the very time when he doth prosper his people, yea, in the increase of their fields, their flocks and their herds, and in gold, and in silver, and in all manner of precious things of every kind and art; sparing their lives, and delivering them out of the hands of their enemies; softening the hearts of their enemies that they should not declare wars against them; yea, and in fine, doing all things for the welfare and happiness of his people; yea, then is the time that they do harden their hearts, and do forget the Lord their God, and do trample under their feet the Holy One—yea, and this because of their ease, and their exceedingly great prosperity.

And thus we see that except the Lord doth chasten his people with many afflictions, yea, except he doth visit them with death and with terror, and with famine and with all manner of pestilence, they will not remember him.

O how foolish, and how vain, and how evil, and devilish, and how quick to do iniquity, and how slow to do good, are the children of men; yea, how quick to hearken unto the words of the evil one, and to set their hearts upon the vain things of the world!

Yea, how quick to be lifted up in pride; yea, how quick to boast, and do all manner of that which is iniquity; and how slow are they to remember the Lord their God, and to give ear unto his counsels, yea, how slow to walk in wisdom's paths!

- 6 Masdan, hindi nila nais na ang Panginoon nilang Diyos, na siyang lumikha sa kanila, ang mamuno at mamahala sa kanila; sa kabila ng kanyang dakilang kabutihan at kanyang awa sa kanila, winawalang-saysay nila ang kanyang mga payo, at tumanggi sila na siya ang kanilang maging gabay.
- 7 O kaylaki ng kawalang-kabuluhan ng mga anak ng tao; oo, maging sila ay hindi nakahihigit kaysa sa alabok ng lupa.
- 8 Sapagkat masdan, ang alabok ng lupa ay gumagalaw dito at doon, hanggang sa mahati sa dalawa, sa utos ng ating dakila at Diyos na walang hanggan.
- 9 Oo, masdan sa kanyang tinig ang mga burol at ang mga bundok ay nauuga at nayayanig.
- 10 At sa kapangyarihan ng kanyang tinig ang mga ito ay nadudurog, at napapatag, oo, maging tulad ng isang lambak.
- 11 Oo, sa kapangyarihan ng kanyang tinig ang buong mundo ay nayayanig;
- 12 Oo, sa kapangyarihan ng kanyang tinig, ang mga saligan ay umuuga, maging sa pinakagitna.
- 13 Oo, at kung sasabihin niya sa mundo—Gumalaw—ito ay gagalaw.
- 14 Oo, kung sasabihin niya sa mundo—Magbalik, na pinahahaba nito ang araw nang maraming oras—ito ay magaganap;
- 15 At sa gayon, alinsunod sa kanyang salita ang mundo ay bumalik, at limitaw ito sa tao na sa wari'y hindi tumitinag ang araw; oo, at masdan, ito ay gayon nga; sapagkat tunay na ang mundo ang umiinog at hindi ang araw.
- 16 At masdan, gayon din, kung sasabihin niya sa mga tubig ng karagatan—Matuyo ka—ito ay magaganap.
- 17 Masdan, kung sasabihin niya sa bundok na ito—Tumaas ka, at tumabon at bumagsak sa lunsod na yaon, upang ito ay malibing—masdan, ito ay magaganap.
- 18 At masdan, kung ang tao ay magkukubli ng kayamanan sa lupa, at sasabihin ng Panginoon—Sumpain ito, dahil sa kasamaan niya na nagkubli nito—masdan, ito ay masusumpa.

Behold, they do not desire that the Lord their God, who hath created them, should rule and reign over them; notwithstanding his great goodness and his mercy towards them, they do set at naught his counsels, and they will not that he should be their guide.

O how great is the nothingness of the children of men; yea, even they are less than the dust of the earth.

For behold, the dust of the earth moveth hither and thither, to the dividing asunder, at the command of our great and everlasting God.

Yea, behold at his voice do the hills and the mountains tremble and quake.

And by the power of his voice they are broken up, and become smooth, yea, even like unto a valley.

Yea, by the power of his voice doth the whole earth shake;

Yea, by the power of his voice, do the foundations rock, even to the very center.

Yea, and if he say unto the earth—Move—it is moved.

Yea, if he say unto the earth—Thou shalt go back, that it lengthen out the day for many hours—it is done;

And thus, according to his word the earth goeth back, and it appeareth unto man that the sun standeth still; yea, and behold, this is so; for surely it is the earth that moveth and not the sun.

And behold, also, if he say unto the waters of the great deep—Be thou dried up—it is done.

Behold, if he say unto this mountain—Be thou raised up, and come over and fall upon that city, that it be buried up—behold it is done.

And behold, if a man hide up a treasure in the earth, and the Lord shall say—Let it be accursed, because of the iniquity of him who hath hid it up—behold, it shall be accursed.

- 19 At kung sasabihin ng Panginoon—Sumpain ito, upang walang sinumang tao ang makatatagpo nito magmula ngayon at magpakailanman—masdan, walang taong makakukuha nito magmula ngayon at magpakailanman.
- 20 At masdan, kung sasabihin ng Panginoon sa isang tao—Dahil sa iyong mga kasamaan, sumpain ka magpakailanman—ito ay magaganap.
- 21 At kung sasabihin ng Panginoon—Dahil sa iyong mga kasamaan ay itatakwil ka mula sa aking harapan—gagawin niya na ito’y magkagayon nga.
- 22 At sa aba niya kung kanino niya sasabihin ito, sapagkat ito ang mangyayari sa kanya na gagawa ng kasamaan, at hindi siya maaaring maligtas; samakatwid, dahil dito, upang ang tao ay maligtas, ay ipinahayag ang pagsisisi.
- 23 Samakatwid, pinaggpala sila na magsisisi at makikinig sa tinig ng Panginoon nilang Diyos; sapagkat sila ang mga yaong maliligtas.
- 24 At nawa’y ipagkaloob ng Diyos, sa kanyang dakilang kabanalan, na ang mga tao ay madala sa pagsisisi at mabubuting gawa, upang sila ay mapanumbalik nang biyaya sa biyaya, alinsunod sa kanilang mga gawa.
- 25 At nais ko na ang lahat ng tao ay maligtas. Subalit nabasa natin na sa dakila at huling araw na may ilang itatakwil, oo, mga itatakwil mula sa harapan ng Panginoon;
- 26 Oo, na itatadhana sa kalagayan ng walang hanggang pagdurusa, tinutupad ang mga salitang nagsasabi: Sila na gumawa ng kabutihan ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan; at sila na gumawa ng kasamaan ay magkakaroon ng walang hanggang kapahamakan. At gayon nga ito. Amen.

And if the Lord shall say—Be thou accursed, that no man shall find thee from this time henceforth and forever—behold, no man getteth it henceforth and forever.

And behold, if the Lord shall say unto a man—Because of thine iniquities, thou shalt be accursed forever—it shall be done.

And if the Lord shall say—Because of thine iniquities thou shalt be cut off from my presence—he will cause that it shall be so.

And wo unto him to whom he shall say this, for it shall be unto him that will do iniquity, and he cannot be saved; therefore, for this cause, that men might be saved, hath repentance been declared.

Therefore, blessed are they who will repent and hearken unto the voice of the Lord their God; for these are they that shall be saved.

And may God grant, in his great fulness, that men might be brought unto repentance and good works, that they might be restored unto grace for grace, according to their works.

And I would that all men might be saved. But we read that in the great and last day there are some who shall be cast out, yea, who shall be cast off from the presence of the Lord;

Yea, who shall be consigned to a state of endless misery, fulfilling the words which say: They that have done good shall have everlasting life; and they that have done evil shall have everlasting damnation. And thus it is. Amen.

*Ang propesiya ni Samuel, ang Lamanita, sa mga Nephita.*

## Helaman 13

- 1 At ngayon, ito ay nangyari na, sa ikawalumpu at anim na taon, ang mga Nephita ay nanatili pa rin sa kasamaan, oo, sa labis na kasamaan, samantalang ang mga Lamanita ay mahigpit na nagsisikap sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos, alinsunod sa mga batas ni Moises.
- 2 At ito ay nangyari na, na sa taong ito ay may isang Samuel, isang Lamanita, na dumating sa lupain ng Zarahemla, at nagsimulang mangaral sa mga tao. At ito ay nangyari na, na siya ay nangaral, nang maraming araw, ng pagsisisi sa mga tao, at siya ay itinaboy nilang palabas, at siya sana ay papauwi na sa kanyang sariling lupain.
- 3 Ngunit masdan, ang tinig ng Panginoon ay nangusap sa kanya, na kinakailangang siya ay muling magbalik, at magpropesiya sa mga tao ng mga anumang bagay na papasok sa kanyang puso.
- 4 At ito ay nangyari na, na hindi nila pinahintulutan na siya ay makapasok sa lunsod kung kaya't siya ay nagtuloy at umakyat sa pader niyon, at iniunat ang kanyang kamay at sumigaw sa isang malakas na tinig, at nagpropesiya sa mga tao ng anumang mga bagay na inilalagay ng Panginoon sa kanyang puso.
- 5 At kanyang sinabi sa kanila: Masdan, ako, si Samuel, na isang Lamanita, ay nagsasabi ng mga salita ng Panginoon na inilalagay niya sa aking puso; at masdan, kanyang inilagay sa aking puso na sabihin sa mga taong ito na ang espada ng katarungan ay nakaumang sa ulunan ng mga taong ito; at apat na raang taon ay hindi lilipas at ang espada ng katarungan ay babagsak sa mga taong ito.
- 6 Oo, malubhang pagkalipol ang naghihintay sa mga taong ito, at ito ay tiyak na sasapit sa mga taong ito, at walang makapagligtas sa mga taong ito maliban sa pagsisisi at pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, na tiyak na paparito sa daigdig, at magbabata ng maraming bagay at papatayin para sa kanyang mga tao.

*The prophecy of Samuel, the Lamanite, to the Nephites.*

## Helaman 13

And now it came to pass in the eighty and sixth year, the Nephites did still remain in wickedness, yea, in great wickedness, while the Lamanites did observe strictly to keep the commandments of God, according to the law of Moses.

And it came to pass that in this year there was one Samuel, a Lamanite, came into the land of Zarahemla, and began to preach unto the people. And it came to pass that he did preach, many days, repentance unto the people, and they did cast him out, and he was about to return to his own land.

But behold, the voice of the Lord came unto him, that he should return again, and prophesy unto the people whatsoever things should come into his heart.

And it came to pass that they would not suffer that he should enter into the city; therefore he went and got upon the wall thereof, and stretched forth his hand and cried with a loud voice, and prophesied unto the people whatsoever things the Lord put into his heart.

And he said unto them: Behold, I, Samuel, a Lamanite, do speak the words of the Lord which he doth put into my heart; and behold he hath put it into my heart to say unto this people that the sword of justice hangeth over this people; and four hundred years pass not away save the sword of justice falleth upon this people.

Yea, heavy destruction awaiteth this people, and it surely cometh unto this people, and nothing can save this people save it be repentance and faith on the Lord Jesus Christ, who surely shall come into the world, and shall suffer many things and shall be slain for his people.

- 7 At masdan, isang anghel ng Panginoon ang nagpahayag nito sa akin, at siya ay naghatid ng masayang balita sa aking kaluluwa. At masdan, ako ay isinugo sa inyo upang ipahayag din ito sa inyo, upang magkaroon kayo ng masayang balita; ngunit masdan ayaw ninyo akong tanggapin.
- 8 Kaya nga, ganito ang wika ng Panginoon: Dahil sa katigasan ng mga puso ng mga tao ng mga Nephita, maliban kung magsipagsisi sila ay babawiin ko ang aking salita mula sa kanila, at ilalayo ko ang aking Espiritu sa kanila, at hindi ko na sila matatagalan pa, at aking ibabaling ang puso ng kanilang mga kapatid laban sa kanila.
- 9 At ang apat na raang taon ay hindi lilipas bago ko itulot na sila ay malipol; oo, parurusahan ko sila sa pamamagitan ng espada at ng taggutom at ng salot.
- 10 Oo, parurusahan ko sila sa aking masidhing galit, at mayroon sa yaong ikaapat na salinlahi na mabubuhay, na inyong mga kaaway, na makamamalas sa inyong lubos na pagkalipol; at ito ay tiyak na darating maliban kung kayo ay magsisisi, wika ng Panginoon; at yaong nasa ikaapat na salinlahi ang siyang magdadala sa inyo sa pagkalipol.
- 11 Ngunit kung kayo ay magsisisi at magbabalik sa Panginoon ninyong Diyos ay aalisin ko ang aking galit, wika ng Panginoon; oo, iyan ang wika ng Panginoon, pinagpala yaong mga magsisisi at lalapit sa akin, ngunit sa aba niya na hindi magsisisi.
- 12 Oo, sa aba sa dakilang lunsod na ito ng Zarahemla; sapagkat masdan, dahil sa mabubuti kaya ito ay naligtas; oo, sa aba nitong dakilang lunsod, sapagkat nahihiwatigan ko, wika ng Panginoon, na marami, oo, maging ang malaking bahagi nitong dakilang lunsod, ang titigasan ang kanilang mga puso laban sa akin, wika ng Panginoon.
- 13 Ngunit pinagpala sila na mga magsisipagsisi, sapagkat sila ay ililigtas ko. Ngunit masdan, kung hindi dahil sa mabubuti na naririto sa dakilang lunsod na ito, masdan, aking papapangyarihin na ang apoy ay bumaba buhat sa langit upang wasakin ito.

And behold, an angel of the Lord hath declared it unto me, and he did bring glad tidings to my soul. And behold, I was sent unto you to declare it unto you also, that ye might have glad tidings; but behold ye would not receive me.

Therefore, thus saith the Lord: Because of the hardness of the hearts of the people of the Nephites, except they repent I will take away my word from them, and I will withdraw my Spirit from them, and I will suffer them no longer, and I will turn the hearts of their brethren against them.

And four hundred years shall not pass away before I will cause that they shall be smitten; yea, I will visit them with the sword and with famine and with pestilence.

Yea, I will visit them in my fierce anger, and there shall be those of the fourth generation who shall live, of your enemies, to behold your utter destruction; and this shall surely come except ye repent, saith the Lord; and those of the fourth generation shall visit your destruction.

But if ye will repent and return unto the Lord your God I will turn away mine anger, saith the Lord; yea, thus saith the Lord, blessed are they who will repent and turn unto me, but wo unto him that repenteth not.

Yea, wo unto this great city of Zarahemla; for behold, it is because of those who are righteous that it is saved; yea, wo unto this great city, for I perceive, saith the Lord, that there are many, yea, even the more part of this great city, that will harden their hearts against me, saith the Lord.

But blessed are they who will repent, for them will I spare. But behold, if it were not for the righteous who are in this great city, behold, I would cause that fire should come down out of heaven and destroy it.

- 14 Ngunit masdan, dahil sa mabubuti kaya ito naligtas. Ngunit masdan, darating ang panahon, wika ng Panginoon, kapag inyong paaalisin ang mabubuti sa inyo, ay saka kayo mahihinog para sa pagkalipol; oo, sa aba sa dakilang lunsod na ito, dahil sa kasamaan at mga karumal-dumal na gawain na nasa kanya.
- 15 Oo, at sa aba sa lunsod ng Gedeon, dahil sa kasamaan at karumal-dumal na gawain na nasa kanya.
- 16 Oo, at sa aba sa lahat ng lunsod na nasa mga lupain sa paligid, na pag-aari ng mga Nephita, dahil sa mga kasamaan at karumal-dumal na gawain na nasa kanila.
- 17 At masdan, isang sumpa ang sasapit sa lupain, wika ng Panginoon ng mga Hukbo, dahil sa mga taong naroroon sa lupain, oo, dahil sa kanilang kasamaan at kanilang mga karumal-dumal na gawain.
- 18 At ito ay mangyayari, wika ng Panginoon ng mga Hukbo, oo, ang ating dakila at tunay na Diyos, na kung sinuman ang magkukubli ng kayamanan sa lupa kailanman ay hindi na muling masusumpungan yaon, dahil sa masidhing sumpa sa lupain, maliban kung siya ay isang mabuting tao at ikukubli niya ito sa Panginoon.
- 19 Sapagkat nais ko, wika ng Panginoon, na ikubli nila ang kanilang kayamanan sa akin; at sumpain sila na hindi ikukubli ang kanilang kayamanan sa akin; sapagkat walang magkukubli ng kayamanan sa akin maliban sa mabubuti; at siya na hindi ikukubli ang kayamanan sa akin, sumpain siya, at pati na ang kayamanan, at walang makatutubos noon dahil sa sumpa sa lupain.
- 20 At darating ang araw na ikukubli nila ang kanilang mga kayamanan, sapagkat ang kanilang mga puso ay inilagak nila sa kanilang yaman; at sapagkat inilagak nila ang kanilang mga puso sa kanilang mga kayamanan, at ikukubli nila ang kanilang mga kayamanan sa kanilang pagtakas mula sa harapan ng kanilang mga kaaway; sapagkat hindi nila ikukubli ang mga yaon sa akin, sumpain sila at pati ang kanilang mga kayamanan; at sa araw na yaon sila ay babagabagin, wika ng Panginoon.

But behold, it is for the righteous' sake that it is spared. But behold, the time cometh, saith the Lord, that when ye shall cast out the righteous from among you, then shall ye be ripe for destruction; yea, wo be unto this great city, because of the wickedness and abominations which are in her.

Yea, and wo be unto the city of Gideon, for the wickedness and abominations which are in her.

Yea, and wo be unto all the cities which are in the land round about, which are possessed by the Nephites, because of the wickedness and abominations which are in them.

And behold, a curse shall come upon the land, saith the Lord of Hosts, because of the people's sake who are upon the land, yea, because of their wickedness and their abominations.

And it shall come to pass, saith the Lord of Hosts, yea, our great and true God, that whoso shall hide up treasures in the earth shall find them again no more, because of the great curse of the land, save he be a righteous man and shall hide it up unto the Lord.

For I will, saith the Lord, that they shall hide up their treasures unto me; and cursed be they who hide not up their treasures unto me; for none hideth up their treasures unto me save it be the righteous; and he that hideth not up his treasures unto me, cursed is he, and also the treasure, and none shall redeem it because of the curse of the land.

And the day shall come that they shall hide up their treasures, because they have set their hearts upon riches; and because they have set their hearts upon their riches, and will hide up their treasures when they shall flee before their enemies; because they will not hide them up unto me, cursed be they and also their treasures; and in that day shall they be smitten, saith the Lord.



- 21 Masdan ninyo, mga tao ng dakilang lunsod na ito, at makinig sa aking mga salita; oo, makinig sa mga salitang sinabi ng Panginoon; sapagkat masdan, sinabi niya na kayo ay susumpain dahil sa inyong mga kayamanan, at gayundin ang inyong mga kayamanan ay susumpain sapagkat ang inyong mga puso ay inilagak ninyo sa mga yaon, at hindi nangakinig sa mga salita niya na nagbigay sa inyo ng mga yaon.
- 22 Hindi ninyo naaalaala ang Panginoon ninyong Diyos sa mga bagay na pinagpala niya sa inyo; ngunit lagi ninyong naaalaala ang inyong mga kayamanan, hindi upang magpasalamat sa Panginoon ninyong Diyos para sa mga yaon; oo, ang inyong mga puso ay hindi nakatuon sa Panginoon, sa halip yaon ay lumalaki sa matinding kapalaluan, tungo sa pagmamalaki, at tungo sa kahambugan, mga pagkainggit, sigalutan, malisya, pang-uusig, at pagpaslang, at lahat ng uri ng kasamaan.
- 23 Sa dahilang ito ay pinapangyari ng Panginoong Diyos na ang sumpa ay sumapit sa lupain, at gayon din sa inyong mga kayamanan, at iyon ay dahil sa inyong mga kasamaan.
- 24 Oo, sa aba sa mga taong ito, dahil sa panahong ito na sumapit, na inyong itinataboy ang mga propeta, at nilalait sila, at binabato sila, at pinapatay sila, at ginagawa ang lahat ng uri ng kasamaan sa kanila, maging tulad ng ginawa nila noong unang panahon.
- 25 At ngayon, kung kayo ay nagsasalita, ay sinasabi ninyo: Kung ang aming mga araw ay sa mga araw ng aming mga ama noong unang panahon, malamang hindi namin pinatay ang mga propeta; malamang na hindi namin sila binato, at itinataboy.
- 26 Masdan, kayo ay masahol pa sa kanila; sapagkat yamang ang Panginoon ay buhay, kung ang isang propeta ay magtungo sa inyo at ipahayag sa inyo ang salita ng Panginoon, na nagpapatotoo sa inyong mga kasalanan at kasamaan, kayo ay nagagalit sa kanya, at itinataboy siya at humahanap ng lahat ng uri ng paraan upang patayin siya; oo, sasabihin ninyo na siya ay isang huwad na propeta, at na siya ay isang makasalanan, at mula sa diyablo, sapagkat siya ay nagpapatotoo na ang inyong mga gawa ay masasama.

Behold ye, the people of this great city, and hearken unto my words; yea, hearken unto the words which the Lord saith; for behold, he saith that ye are cursed because of your riches, and also are your riches cursed because ye have set your hearts upon them, and have not hearkened unto the words of him who gave them unto you.

Ye do not remember the Lord your God in the things with which he hath blessed you, but ye do always remember your riches, not to thank the Lord your God for them; yea, your hearts are not drawn out unto the Lord, but they do swell with great pride, unto boasting, and unto great swelling, envyings, strifes, malice, persecutions, and murders, and all manner of iniquities.

For this cause hath the Lord God caused that a curse should come upon the land, and also upon your riches, and this because of your iniquities.

Yea, wo unto this people, because of this time which has arrived, that ye do cast out the prophets, and do mock them, and cast stones at them, and do slay them, and do all manner of iniquity unto them, even as they did of old time.

And now when ye talk, ye say: If our days had been in the days of our fathers of old, we would not have slain the prophets; we would not have stoned them, and cast them out.

Behold ye are worse than they; for as the Lord liveth, if a prophet come among you and declareth unto you the word of the Lord, which testifieth of your sins and iniquities, ye are angry with him, and cast him out and seek all manner of ways to destroy him; yea, you will say that he is a false prophet, and that he is a sinner, and of the devil, because he testifieth that your deeds are evil.

27 Ngunit masdan, kung ang isang tao ay magtungo sa inyo at magsasabi: Gawin ito, at walang masama; gawin iyon at hindi ka magdurusa; oo, kanyang sasabihin: Lumakad alinsunod sa kapalaluan ng inyong mga puso; oo, lumakad alinsunod sa kapalaluan ng inyong mga paningin, at gawin kung anuman ang nais ng inyong puso—at kung ang isang tao ay magtungo sa inyo at sasabihin ito, tatanggapin ninyo siya, at sasabihin na siya ay isang propeta.

28 Oo, sasambahin ninyo siya, at ibibigay ninyo sa kanya ang inyong mga kabuhayan; ibibigay ninyo sa kanya ang inyong ginto, at ang inyong pilak, at bibihisan ninyo siya ng mamahaling kasuotan; at sapagkat siya ay nangusap ng labis na mga mapanghibok na salita sa inyo, at kanyang sinabi na ang lahat ay mabuti, kung gayon ay wala kayong makikitang masama sa kanya.

29 O, kayong masasama at balakyot na salinlahi; kayong nagmatigas at mga taong matitigas ang leeg, hanggang kailan inaakala ninyo na ang Panginoon ay makatatagal sa inyo? Oo, hanggang kailan ninyo pahihintulutan ang inyong sarili na akayin ng mga hangal at bulag na taga-akay? Oo, hanggang kailan ninyo pipiliin ang kadiliman sa halip na liwanag?

30 Oo, masdan, ang galit ng Panginoon ay nagsiklab na laban sa inyo; masdan, naisumpa na niya ang lupain dahil sa inyong kasamaan.

31 At masdan, darating ang panahon na susumpain niya ang inyong mga kayamanan, kung kaya't ang mga iyon ay magiging madulas, na hindi ninyo mahahawakan yaon; at sa araw ng inyong kahirapan ay hindi ninyo mapananatili yaon.

32 At sa araw ng inyong kahirapan, kayo ay magsusumamo sa Panginoon; at sa kabiguan kayo ay sasamo sapagkat ang inyong pamamanglaw ay sumapit na sa inyo, at ang inyong pagkalipol ay ginawang tiyak; at pagkatapos kayo ay mananangis at hahagulgol sa araw na iyon, wika ng Panginoon ng mga Hukbo. At kung magkagayon kayo ay mamimighati, at sasabihin:

But behold, if a man shall come among you and shall say: Do this, and there is no iniquity; do that and ye shall not suffer; yea, he will say: Walk after the pride of your own hearts; yea, walk after the pride of your eyes, and do whatsoever your heart desireth—and if a man shall come among you and say this, ye will receive him, and say that he is a prophet.

Yea, ye will lift him up, and ye will give unto him of your substance; ye will give unto him of your gold, and of your silver, and ye will clothe him with costly apparel; and because he speaketh flattering words unto you, and he saith that all is well, then ye will not find fault with him.

O ye wicked and ye perverse generation; ye hardened and ye stiffnecked people, how long will ye suppose that the Lord will suffer you? Yea, how long will ye suffer yourselves to be led by foolish and blind guides? Yea, how long will ye choose darkness rather than light?

Yea, behold, the anger of the Lord is already kindled against you; behold, he hath cursed the land because of your iniquity.

And behold, the time cometh that he curseth your riches, that they become slippery, that ye cannot hold them; and in the days of your poverty ye cannot retain them.

And in the days of your poverty ye shall cry unto the Lord; and in vain shall ye cry, for your desolation is already come upon you, and your destruction is made sure; and then shall ye weep and howl in that day, saith the Lord of Hosts. And then shall ye lament, and say:

- 33 O, kung ako ay nagsisi, at hindi pinatay ang mga propeta, at binato sila, at itinaboy. Oo, sa araw na iyon ay sasabihin ninyo: O, na aming naalaala ang Panginoon naming Diyos noong araw na ibinigay niya sa amin ang aming mga kayamanan, at nang sa gayon ay hindi sana yaon naging madulas upang mawala sa amin ang mga yaon; sapagkat masdan, ang aming mga kayamanan ay naglaho sa amin.
- 34 Masdan, maglalapag kami ng isang kasangkapan dito at sa kinabukasan iyon ay wala na; at masdan, ang aming mga espada ay kinuha sa amin sa araw na hinahanap namin ang mga iyon para sa digmaan.
- 35 Oo, ikinubli namin ang aming mga kayamanan at ang mga ito ay nakahulagpos sa amin, dahil sa sumpa sa lupain.
- 36 O kung kami ay nagsisi sa araw na ang salita ng Panginoon ay dumating sa amin; sapagkat masdan ang lupain ay isinumpa, at lahat ng bagay ay nagiging madulas, at hindi namin mahawakan ang mga yaon.
- 37 Masdan, kami ay napaliligiran ng mga demonyo, oo, kami ay napalilibutan ng mga anghel niya na naghahangad na wasakin ang aming mga kaluluwa. Masdan, ang aming mga kasamaan ay malubha. O Panginoon, hindi ba maaaring alisin ninyo ang inyong galit mula sa amin? At ganito ang magiging pananalita ninyo sa araw na yaon.
- 38 Ngunit masdan, ang mga araw ng inyong pagsubok ay lumipas na; inyong ipinagpaliban ang araw ng inyong kaligtasan hanggang sa ito ay lubusang naging huli na, at ang inyong pagkalipol ay tiniyak; oo, sapagkat inyong hinangad sa lahat ng araw ng inyong buhay yaong hindi ninyo matatamo; at kayo ay naghahangad ng kaligayahan sa paggawa ng kasamaan, kung aling bagay ay salungat sa kalikasan ng yaong kabutihan na nasa ating dakila at Walang Hanggang Pinuno.
- 39 O kayong mga tao ng lupain, inyo sanang pakinggan ang aking mga salita! At ako ay dumadalangin na ang galit ng Panginoon ay alisin sa inyo, at na kayo ay mangagsisi at maligtas.

O that I had repented, and had not killed the prophets, and stoned them, and cast them out. Yea, in that day ye shall say: O that we had remembered the Lord our God in the day that he gave us our riches, and then they would not have become slippery that we should lose them; for behold, our riches are gone from us.

Behold, we lay a tool here and on the morrow it is gone; and behold, our swords are taken from us in the day we have sought them for battle.

Yea, we have hid up our treasures and they have slipped away from us, because of the curse of the land.

O that we had repented in the day that the word of the Lord came unto us; for behold the land is cursed, and all things are become slippery, and we cannot hold them.

Behold, we are surrounded by demons, yea, we are encircled about by the angels of him who hath sought to destroy our souls. Behold, our iniquities are great. O Lord, canst thou not turn away thine anger from us? And this shall be your language in those days.

But behold, your days of probation are past; ye have procrastinated the day of your salvation until it is everlastingly too late, and your destruction is made sure; yea, for ye have sought all the days of your lives for that which ye could not obtain; and ye have sought for happiness in doing iniquity, which thing is contrary to the nature of that righteousness which is in our great and Eternal Head.

O ye people of the land, that ye would hear my words! And I pray that the anger of the Lord be turned away from you, and that ye would repent and be saved.

## Helaman 14

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, na si Samuel, ang Lamanita, ay nagpropesiya ng marami pang dakilang bagay na hindi maaaring isulat.
- 2 At masdan, sinabi niya sa kanila: Masdan, magbibigay ako sa inyo ng palatandaan; sapagkat limang taon pa ang lilipas, at masdan, pagkatapos ay paparito ang Anak ng Diyos upang tubusin ang lahat ng yaong maniniwala sa kanyang pangalan.
- 3 At masdan, ito ang ibibigay ko sa inyo bilang palatandaan sa panahon ng kanyang pagparito; sapagkat masdan, magkakaroon ng mga dakilang liwanag sa langit, kung kaya nga't sa gabi bago siya pumarito ay hindi magkakaroon ng kadiliman, kung kaya nga't sa paningin ng mga tao ito ay magmimistulang araw.
- 4 Anupa't magkakaroon ng isang maghapon at isang magdamag at isang maghapon, na parang ito ay isang araw at hindi magkakaroon ng gabi; at ito ang sasainyo bilang palatandaan; sapagkat malalaman ninyo ang pagsikat ng araw at gayon din ang paglubog nito; kaya nga kanilang malalaman nang may katiyakan na nagkaroon ng dalawang araw at isang gabi; gayunman, ang gabi ay hindi magdidilim; at iyon ay sa gabing bago siya isilang.
- 5 At masdan, sisikat ang isang bagong bituin, isa na hindi pa kailanman namamasdan; at ito rin ay magiging palatandaan ninyo.
- 6 At masdan hindi lamang ito, magkakaroon pa ng maraming palatandaan at kababalaghan sa langit.
- 7 At ito ay mangyayari na kayong lahat ay magtataka at mamamangha, kung kaya kayo ay malulugmok sa lupa.
- 8 At ito ay mangyayari na sinuman ang maniniwala sa Anak ng Diyos, siya rin ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan.
- 9 At masdan, sa gayon ako inutusan ng Panginoon, sa pamamagitan ng kanyang anghel, na ako ay pumarito at sabihin ang mga bagay na ito sa inyo; oo, siya ay nag-utos na ipropesiya ko ang mga bagay na ito sa inyo; oo, sinabi niya sa akin: Ihayag sa mga taong ito, magsisi at ihanda ang daan ng Panginoon.

## Helaman 14

And now it came to pass that Samuel, the Lamanite, did prophesy a great many more things which cannot be written.

And behold, he said unto them: Behold, I give unto you a sign; for five years more cometh, and behold, then cometh the Son of God to redeem all those who shall believe on his name.

And behold, this will I give unto you for a sign at the time of his coming; for behold, there shall be great lights in heaven, insomuch that in the night before he cometh there shall be no darkness, insomuch that it shall appear unto man as if it was day.

Therefore, there shall be one day and a night and a day, as if it were one day and there were no night; and this shall be unto you for a sign; for ye shall know of the rising of the sun and also of its setting; therefore they shall know of a surety that there shall be two days and a night; nevertheless the night shall not be darkened; and it shall be the night before he is born.

And behold, there shall a new star arise, such an one as ye never have beheld; and this also shall be a sign unto you.

And behold this is not all, there shall be many signs and wonders in heaven.

And it shall come to pass that ye shall all be amazed, and wonder, insomuch that ye shall fall to the earth.

And it shall come to pass that whosoever shall believe on the Son of God, the same shall have everlasting life.

And behold, thus hath the Lord commanded me, by his angel, that I should come and tell this thing unto you; yea, he hath commanded that I should prophesy these things unto you; yea, he hath said unto me: Cry unto this people, repent and prepare the way of the Lord.

10 At ngayon, dahil sa ako ay isang Lamanita, at sinabi sa inyo ang mga salitang iniutos ng Panginoon sa akin, at sapagkat ito ay mabigat laban sa inyo, kayo ay nagalit sa akin at hinangad na patayin ako, at itaboy ako palabas sa inyo.

11 At inyong maririnig ang aking mga salita, sapagkat, sa ganitong hangarin kaya ako umakyat sa mga pader ng lunsod na ito, upang inyong marinig at malaman ang mga kahatulan ng Diyos na naghihintay sa inyo dahil sa inyong mga kasamaan, at gayundin upang malaman ninyo ang mga hinihingi ng pagsisisi;

12 At gayundin, upang malaman ninyo ang pagparito ni Jesucristo, na Anak ng Diyos, ang Ama ng langit at ng lupa, ang Lumikha ng lahat ng bagay mula pa sa simula; at upang malaman ninyo ang mga palatandaan ng kanyang pagparito, sa layuning kayo ay maniwala sa kanyang pangalan.

13 At kung kayo ay naniniwala sa kanyang pangalan kayo ay magsisisi sa lahat ng inyong kasalanan, nang sa gayon, kayo ay magkaroon ng kapatawaran sa mga yaon sa pamamagitan ng kanyang mga kabutihan.

14 At masdan, muli, isa pang palatandaan ang ibibigay ko sa inyo, oo, isang palatandaan ng kanyang kamatayan.

15 Sapagkat masdan, siya ay talagang tiyak na mamamatay upang ang kaligtasan ay dumating; oo, kinakailangan at mahalaga na siya ay mamatay, upang mapangyari ang pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, nang sa gayon, ang tao ay madala niya sa harapan ng Panginoon.

16 Oo, masdan, ang kamatayang ito ang magpapangyari sa pagkabuhay na mag-uli, at tumutubos sa buong sangkatauhan mula sa unang kamatayan—yaong kamatayang espirituwal; dahil ang buong sangkatauhan, sa pagkahulog ni Adan na nawalay sa harapan ng Panginoon, ay itinuturing na patay, kapwa sa mga bagay na temporal at sa mga bagay na espirituwal.

17 Ngunit masdan, ang pagkabuhay na mag-uli ni Cristo ang tutubos sa sangkatauhan, oo, maging sa buong sangkatauhan, at magbabalik sa kanila sa harapan ng Panginoon.

And now, because I am a Lamanite, and have spoken unto you the words which the Lord hath commanded me, and because it was hard against you, ye are angry with me and do seek to destroy me, and have cast me out from among you.

And ye shall hear my words, for, for this intent have I come up upon the walls of this city, that ye might hear and know of the judgments of God which do await you because of your iniquities, and also that ye might know the conditions of repentance;

And also that ye might know of the coming of Jesus Christ, the Son of God, the Father of heaven and of earth, the Creator of all things from the beginning; and that ye might know of the signs of his coming, to the intent that ye might believe on his name.

And if ye believe on his name ye will repent of all your sins, that thereby ye may have a remission of them through his merits.

And behold, again, another sign I give unto you, yea, a sign of his death.

For behold, he surely must die that salvation may come; yea, it behooveth him and becometh expedient that he dieth, to bring to pass the resurrection of the dead, that thereby men may be brought into the presence of the Lord.

Yea, behold, this death bringeth to pass the resurrection, and redeemeth all mankind from the first death—that spiritual death; for all mankind, by the fall of Adam being cut off from the presence of the Lord, are considered as dead, both as to things temporal and to things spiritual.

But behold, the resurrection of Christ redeemeth mankind, yea, even all mankind, and bringeth them back into the presence of the Lord.

- 18 Oo, at isasakatuparan nito ang hinihingi ng pagsisisi, na ang sinumang magsisisi, siya rin ay hindi puputulin at ihahagis sa apoy; ngunit sinuman ang hindi magsisi ay puputulin at ihahagis sa apoy; at pagkatapos sasapit sa kanilang muli ang kamatayang espirituwal, oo, ang ikalawang kamatayan, sapagkat sila ay muling inihiwalay sa mga bagay na nauukol sa kabutihan.
- 19 Kaya nga, magsisi kayo, magsisi kayo, at baka sa pagkaalam ninyo ng mga bagay na ito at hindi ginagawa ang mga yaon ay pahintulutan ninyo ang inyong sarili na mapasailalim ng kahatulan, at kayo ay madala rito sa ikalawang kamatayan.
- 20 Ngunit masdan, katulad ng sinabi ko sa inyo hinggil sa isa pang palatandaan, isang palatandaan ng kanyang kamatayan, masdan, sa araw na yaon na siya ay magdaranas ng kamatayan, ang araw ay magdidilim at tatanggap magbigay ng kanyang liwanag sa inyo; at gayundin ang buwan at ang mga bituin; at hindi magkakaroon ng liwanag sa ibabaw ng lupaing ito, maging mula sa panahon na siya ay magdaranas ng kamatayan, sa loob ng tatlong araw, hanggang sa panahon na siya ay muling magbabangon mula sa mga patay.
- 21 Oo, sa panahong yaon na kanyang ibibigay ang kaluluwa ay magkakaroon ng mga pagkulong at pagkidlat sa loob ng maraming oras, at ang lupa ay mayayanig at mauuga; at ang mga bato na nasa ibabaw ng lupa, na kapwa nasa ibabaw at nasa ilalim ng lupa, na nalalaman ninyo na sa panahong ito ay buo, o ang higit na malaking bahagi nito ay isang buo at matigas, ay mangabibiyak;
- 22 Oo, yaon ay mahahati sa dalawa, at sa tuwina ay matatagpuan na mga bitak at na mga putok, at na mga pira-piraso sa ibabaw ng buong lupa, oo, maging sa ibabaw ng lupa at sa ilalim.
- 23 At masdan, magkakaroon ng malalakas na unos, at maraming bundok ang mapapatag, katulad sa isang lambak, at magkakaroon ng maraming dako na ngayon ay tinatawag na mga lambak na magiging mga bundok, na lubhang matataas.
- 24 At maraming lansangang-bayan ang mawawasak, at maraming lunsod ang magiging mapanglaw.
- 25 At maraming libingan ang mabubuksan, at iluluwa ang marami sa kanilang mga patay; at maraming banal ang magpapakita sa marami.

Yea, and it bringeth to pass the condition of repentance, that whosoever repenteth the same is not hewn down and cast into the fire; but whosoever repenteth not is hewn down and cast into the fire; and there cometh upon them again a spiritual death, yea, a second death, for they are cut off again as to things pertaining to righteousness.

Therefore repent ye, repent ye, lest by knowing these things and not doing them ye shall suffer yourselves to come under condemnation, and ye are brought down unto this second death.

But behold, as I said unto you concerning another sign, a sign of his death, behold, in that day that he shall suffer death the sun shall be darkened and refuse to give his light unto you; and also the moon and the stars; and there shall be no light upon the face of this land, even from the time that he shall suffer death, for the space of three days, to the time that he shall rise again from the dead.

Yea, at the time that he shall yield up the ghost there shall be thunderings and lightnings for the space of many hours, and the earth shall shake and tremble; and the rocks which are upon the face of this earth, which are both above the earth and beneath, which ye know at this time are solid, or the more part of it is one solid mass, shall be broken up;

Yea, they shall be rent in twain, and shall ever after be found in seams and in cracks, and in broken fragments upon the face of the whole earth, yea, both above the earth and beneath.

And behold, there shall be great tempests, and there shall be many mountains laid low, like unto a valley, and there shall be many places which are now called valleys which shall become mountains, whose height is great.

And many highways shall be broken up, and many cities shall become desolate.

And many graves shall be opened, and shall yield up many of their dead; and many saints shall appear unto many.

- 26 At masdan, gayon ang sinabi ng anghel sa akin; sapagkat sinabi niya sa akin na magkakaroon ng mga pagkulong at pagkidlat sa loob ng maraming oras.
- 27 At sinabi niya sa akin na habang may kulog at kidlat, at pagbagyo, na ang mga bagay na ito ay mangyayari, at na ang kadiliman ay babalot sa ibabaw ng buong lupa sa loob ng tatlong araw.
- 28 At sinabi ng anghel sa akin na marami ang makakikita ng higit na mga dakilang bagay kaysa rito, sa layuning sila ay maniwala na ang mga palatandaang ito at mga kababalaghang ito ay mangyayari sa ibabaw ng buong lupaing ito, sa layuning huwag magkaroon ng dahilan na magkaroon ng kawalang-paniniwala sa mga anak ng tao—
- 29 At ito ay sa layunin na sinumang maniniwala ay maligtas, at ang sinumang hindi maniniwala, isang makatarungang kahatulan ang ipapataw sa kanila; at gayon din kung sila ay maparusahan sila ang nagdala ng kaparusahan sa kanilang sarili.
- 30 At ngayon, tandaan, tandaan, mga kapatid, na ang sinumang masawi, ay masasawi sa kanyang sarili; at sinumang gagawa ng kasamaan, ay ginagawa ito sa kanyang sarili; sapagkat masdan, kayo ay malaya; kayo ay pinahintulutang kumilos para sa inyong sarili; sapagkat masdan, binigyan kayo ng Diyos ng kaalaman at ginawa niya kayong malaya.
- 31 Kanyang ibinigay sa inyo na malaman ninyo ang mabuti sa masama, at kanyang ibinigay sa inyo na kayo ay makapamilya ng buhay o kamatayan; at maaari kayong gumawa ng mabuti at ibalik sa inyo yaong mabuti, o yaong mabuti ay ibalik sa inyo; o maaari kayong gumawa ng masama, at ang masama ay ibalik sa inyo.

And behold, thus hath the angel spoken unto me; for he said unto me that there should be thunderings and lightnings for the space of many hours.

And he said unto me that while the thunder and the lightning lasted, and the tempest, that these things should be, and that darkness should cover the face of the whole earth for the space of three days.

And the angel said unto me that many shall see greater things than these, to the intent that they might believe that these signs and these wonders should come to pass upon all the face of this land, to the intent that there should be no cause for unbelief among the children of men—

And this to the intent that whosoever will believe might be saved, and that whosoever will not believe, a righteous judgment might come upon them; and also if they are condemned they bring upon themselves their own condemnation.

And now remember, remember, my brethren, that whosoever perisheth, perisheth unto himself; and whosoever doeth iniquity, doeth it unto himself; for behold, ye are free; ye are permitted to act for yourselves; for behold, God hath given unto you a knowledge and he hath made you free.

He hath given unto you that ye might know good from evil, and he hath given unto you that ye might choose life or death; and ye can do good and be restored unto that which is good, or have that which is good restored unto you; or ye can do evil, and have that which is evil restored unto you.

## Helaman 15

- 1 At ngayon, mga minamahal kong kapatid, masdan, inihahayag ko sa inyo na maliban kung kayo ay magsisisi, ang inyong mga tahanan ay maiiwan sa inyo na mapanglaw.
- 2 Oo, maliban kung kayo ay magsisi, ang inyong kababaihan ay magkakaroon ng malaking dahilan na magdalamhati sa araw na sila ay nagpapasuso; sapagkat mangangahas kayong tumakas at walang dakong mapagtataguan; oo, at sa aba nila na may anak, sapagkat sila ay magiging mabigat at hindi makatatakas; anupa't sila ay matatapkan at maiiwan upang mangasawi.
- 3 Oo, sa aba sa mga taong ito na tinatawag na mga tao ni Nephi maliban kung sila ay magsisisi, kung kailan nila makikita ang lahat ng palatandaan at kababalaghang ito na ipakikita sa kanila; sapagkat masdan, sila ay mga piniling tao ng Panginoon; oo, ang mga tao ni Nephi ay minahal niya, at kanya ring pinarusahan sila; oo, sa mga araw ng kanilang kasamaan sila ay kanyang pinarusahan dahil sa mahal niya sila.
- 4 Ngunit masdan mga kapatid ko, ang mga Lamanita ay kinapopootan niya sapagkat ang kanilang mga gawa ay naging patuloy na masama, at ito ay dahil sa kasamaan ng kaugalian ng kanilang mga ama. Ngunit masdan, ang kaligtasan ay mapapasakanila sa pamamagitan ng pangangaral ng mga Nephita; at sa ganitong layunin pinahaba ng Panginoon ang kanilang mga araw.
- 5 At nais ko na inyong mamasdan na ang malaking bahagi nila ay nasa landas ng kanilang tungkulin, at sila ay lumalakad nang maingat sa harapan ng Diyos, at pinagsisikapan nilang sundin ang kanyang mga kautusan at kanyang mga batas at kanyang mga kahatulan alinsunod sa mga batas ni Moises.
- 6 Oo, sinasabi ko sa inyo, na ang malaking bahagi nila ay ginagawa ito, at sila ay nagsisikap nang walang kapagurang pagsusumigasig upang madala ang nalalabi sa kanilang mga kapatid sa kaalaman ng katotohanan; anupa't marami ang nadaragdag sa kanilang bilang sa araw-araw.

## Helaman 15

And now, my beloved brethren, behold, I declare unto you that except ye shall repent your houses shall be left unto you desolate.

Yea, except ye repent, your women shall have great cause to mourn in the day that they shall give suck; for ye shall attempt to flee and there shall be no place for refuge; yea, and wo unto them which are with child, for they shall be heavy and cannot flee; therefore, they shall be trodden down and shall be left to perish.

Yea, wo unto this people who are called the people of Nephi except they shall repent, when they shall see all these signs and wonders which shall be showed unto them; for behold, they have been a chosen people of the Lord; yea, the people of Nephi hath he loved, and also hath he chastened them; yea, in the days of their iniquities hath he chastened them because he loveth them.

But behold my brethren, the Lamanites hath he hated because their deeds have been evil continually, and this because of the iniquity of the tradition of their fathers. But behold, salvation hath come unto them through the preaching of the Nephites; and for this intent hath the Lord prolonged their days.

And I would that ye should behold that the more part of them are in the path of their duty, and they do walk circumspectly before God, and they do observe to keep his commandments and his statutes and his judgments according to the law of Moses.

Yea, I say unto you, that the more part of them are doing this, and they are striving with unwearied diligence that they may bring the remainder of their brethren to the knowledge of the truth; therefore there are many who do add to their numbers daily.



7 At masdan, nalalaman ninyo sa inyong sarili, sapagkat nasaksihan ninyo ito, na kasindami ng nadala sa kanila sa kaalaman ng katotohanan, at malaman ang masama at karumal-dumal na kaugalian ng kanilang mga ama, at naakay na maniwala sa mga banal na kasulatan, oo, sa mga propesiya ng mga banal na propeta, na nasusulat, na nag-aakay sa kanila sa pananampalataya sa Panginoon, at sa pagsisisi, kung aling pananampalataya at pagsisisi ay nagdudulot ng isang pagbabago ng puso sa kanila—

8 Samakatwid, kasindami ng sumapit sa ganito, nalalaman ninyo sa inyong sarili, ay matibay at matatag sa pananampalataya, at sa bagay kung saan sila ay ginawang malaya.

9 At nalalaman din ninyong ibinaon nila ang kanilang mga sandata ng digmaan, at natatakot silang hawakan ang mga yaon at baka sa anumang paraan sila ay magkasala; oo, nakikita ninyo na sila ay natatakot na magkasala—sapagkat masdan, pahihintulutan nila ang mga sarili na matapakan at mapatay ng kanilang mga kaaway, at hindi magtaas ang kanilang mga espada laban sa kanila, at ito ay dahil sa kanilang pananampalataya kay Cristo.

10 At ngayon, dahil sa kanilang katatagan nang sila ay naniniwala roon sa bagay na kanilang pinaniniwalaan, sapagkat dahil sa kanilang katatagan nang minsan sila ay maliwanagan, masdan, pagpapalain sila ng Panginoon at pahahabain ang kanilang mga araw, sa kabila ng kanilang kasamaan—

11 Oo, kahit na sila ay manghina sa kawalang-paniniwala ay pahahabain ng Panginoon ang kanilang mga araw, hanggang sa dumating ang panahon na sinabi ng ating mga ama, at gayon din ng propetang si Zenos, at marami pang ibang propeta, hinggil sa panunumbalik na muli ng ating mga kapatid, na mga Lamanita, sa kaalaman ng katotohanan.

And behold, ye do know of yourselves, for ye have witnessed it, that as many of them as are brought to the knowledge of the truth, and to know of the wicked and abominable traditions of their fathers, and are led to believe the holy scriptures, yea, the prophecies of the holy prophets, which are written, which leadeth them to faith on the Lord, and unto repentance, which faith and repentance bringeth a change of heart unto them—

Therefore, as many as have come to this, ye know of yourselves are firm and steadfast in the faith, and in the thing wherewith they have been made free.

And ye know also that they have buried their weapons of war, and they fear to take them up lest by any means they should sin; yea, ye can see that they fear to sin—for behold they will suffer themselves that they be trodden down and slain by their enemies, and will not lift their swords against them, and this because of their faith in Christ.

And now, because of their steadfastness when they do believe in that thing which they do believe, for because of their firmness when they are once enlightened, behold, the Lord shall bless them and prolong their days, notwithstanding their iniquity—

Yea, even if they should dwindle in unbelief the Lord shall prolong their days, until the time shall come which hath been spoken of by our fathers, and also by the prophet Zenos, and many other prophets, concerning the restoration of our brethren, the Lamanites, again to the knowledge of the truth—

- 12 Oo, sinasabi ko sa inyo, na sa mga huling panahon ang mga pangako ng Panginoon ay ipaaabot sa ating mga kapatid, ang mga Lamanita; at sa kabila ng maraming paghihirap na daranasin nila, at sa kabila ng sila ay itataboy nang doon at dito sa balat ng lupa, at tutugisin, at sasaktan at malawakang makakalat, walang dakong mapagtataguan, ang Panginoon ay magiging maawain sa kanila.
- 13 At ito ay alinsunod sa propesiya, na sila ay muling madadala sa tunay na kaalaman, kung alin ay kaalaman tungkol sa kanilang Manunubos, at kanilang dakila at tunay na pastol, at mabibilang sa kanyang mga tupa.
- 14 Kaya nga sinasabi ko sa inyo, higit na mabuti para sa kanila kaysa sa inyo maliban kung kayo ay magsisisi.
- 15 Sapagkat masdan, kung ang mga makapangyarihang gawa na ipinakita sa inyo ay ipinakita sa kanila, oo, sa kanila na nanghina sa kawalang-paniniwala dahil sa kaugalian ng kanilang mga ama, makikita ninyo sa inyong sarili na hindi na sila muling manghihina sa kawalang-paniniwala.
- 16 Kaya nga, wika ng Panginoon: Hindi ko sila lubos na lilipulin, kundi papangyayarihin ko na sa araw ng aking karunungan sila ay muling magbabalik sa akin, wika ng Panginoon.
- 17 At ngayon masdan, wika ng Panginoon, hinggil sa mga tao ng mga Nephita: Kung hindi sila magsisisi, at pagsisikapang isagawa ang aking kalooban, lubusan ko silang lilipulin, wika ng Panginoon, dahil sa kawalan nila ng paniniwala sa kabila ng maraming makapangyarihang gawa na ginawa ko sa kanila; at tunay na yamang buhay ang Panginoon ang mga bagay na ito ay magkakagayon, wika ng Panginoon.

Yea, I say unto you, that in the latter times the promises of the Lord have been extended to our brethren, the Lamanites; and notwithstanding the many afflictions which they shall have, and notwithstanding they shall be driven to and fro upon the face of the earth, and be hunted, and shall be smitten and scattered abroad, having no place for refuge, the Lord shall be merciful unto them.

And this is according to the prophecy, that they shall again be brought to the true knowledge, which is the knowledge of their Redeemer, and their great and true shepherd, and be numbered among his sheep.

Therefore I say unto you, it shall be better for them than for you except ye repent.

For behold, had the mighty works been shown unto them which have been shown unto you, yea, unto them who have dwindled in unbelief because of the traditions of their fathers, ye can see of yourselves that they never would again have dwindled in unbelief.

Therefore, saith the Lord: I will not utterly destroy them, but I will cause that in the day of my wisdom they shall return again unto me, saith the Lord.

And now behold, saith the Lord, concerning the people of the Nephites: If they will not repent, and observe to do my will, I will utterly destroy them, saith the Lord, because of their unbelief notwithstanding the many mighty works which I have done among them; and as surely as the Lord liveth shall these things be, saith the Lord.

## Helaman 16

- 1 At ngayon, ito ay nangyari na, na marami ang nakarinig sa mga salita ni Samuel, ang Lamanita, na kanyang sinabi sa ibabaw ng mga pader ng lunsod. At kasindami ng naniwala sa kanyang salita ay humayo at hinanap si Nephi; at nang sila ay humayo at natagpuan siya ay ipinagtapat nila sa kanya ang kanilang mga kasalanan at hindi nagkaila, nagnanais na sila ay mabinyagan sa Panginoon.
- 2 Ngunit kasindami ng naroroon na hindi naniwala sa mga salita ni Samuel ay nagalit sa kanya; at siya ay binato nila sa ibabaw ng pader, at marami rin ang pumana sa kanya habang siya ay nakatayo sa ibabaw ng pader; ngunit ang Espiritu ng Panginoon ay nasa kanya, kung kaya hindi siya matamaan ng kanilang mga bato ni ng kanilang mga palaso.
- 3 Ngayon, nang kanilang makita na hindi nila siya matamaan, marami pa ang naniwala sa kanyang mga salita, kung kaya sila ay nagtungo kay Nephi upang magpabinyag.
- 4 Sapagkat masdan, si Nephi ay nagbibinyag, at nagpopropesiya, at nangangaral, nangangaral ng pagsisisi sa mga tao, nagpapakita ng mga palatandaan at kababalaghan, gumagawa ng mga himala sa mga tao, upang kanilang malaman na ang Cristo ay nalalapit nang pumarito—
- 5 Sinasabi sa kanila ang mga bagay na di magtatagal ay darating, upang kanilang malaman at maalaala sa panahon ng kanilang pagsapit na ang mga yaon ay ipinaalam na sa kanila noong una pa man, sa layunin na sila ay maniwala; kung kaya kasindami ng naniwala sa mga salita ni Samuel ay nagtungo sa kanya upang mabinyagan, sapagkat sila ay lumapit na nagsisisi at ipinagtatapat ang kanilang mga kasalanan.

## Helaman 16

And now, it came to pass that there were many who heard the words of Samuel, the Lamanite, which he spake upon the walls of the city. And as many as believed on his word went forth and sought for Nephi; and when they had come forth and found him they confessed unto him their sins and denied not, desiring that they might be baptized unto the Lord.

But as many as there were who did not believe in the words of Samuel were angry with him; and they cast stones at him upon the wall, and also many shot arrows at him as he stood upon the wall; but the Spirit of the Lord was with him, insomuch that they could not hit him with their stones neither with their arrows.

Now when they saw that they could not hit him, there were many more who did believe on his words, insomuch that they went away unto Nephi to be baptized.

For behold, Nephi was baptizing, and prophesying, and preaching, crying repentance unto the people, showing signs and wonders, working miracles among the people, that they might know that the Christ must shortly come—

Telling them of things which must shortly come, that they might know and remember at the time of their coming that they had been made known unto them beforehand, to the intent that they might believe; therefore as many as believed on the words of Samuel went forth unto him to be baptized, for they came repenting and confessing their sins.

- 6 Ngunit ang malaking bahagi nila ay hindi naniwala sa mga salita ni Samuel; kung kaya nang makita nila na siya ay hindi nila matamaan ng kanilang mga bato at ng kanilang mga palaso, sumigaw sila sa kanilang mga kapitan, sinasabing: Dakpin ang taong ito at igapos siya, sapagkat masdan may sa diyablo siya; at dahil sa kapangyarihan ng diyablo na nasa kanya ay hindi namin siya matamaan ng aming mga bato at ng aming mga palaso; kaya nga hulihin siya at igapos siya at ilayo siya.
- 7 At habang sila ay lumalapit upang siya ay hawakan ng kanilang mga kamay, masdan, siya ay tumalon mula sa pader at tumakas palayo sa kanilang lupain, oo, maging sa kanyang sariling bayan, at nagsimulang mangaral at magpropesiya sa kanyang sariling mga tao.
- 8 At masdan, hindi na siya narinig pa sa mga Nephita; at gayon ang mga pangyayari sa mga tao.
- 9 At sa gayon nagtapos ang walumpu at anim na taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.
- 10 At sa gayon din nagtapos ang walumpu at pitong taon ng panunungkulan ng mga hukom, ang malaking bahagi ng mga tao ay nanatili sa kanilang kapalaluan at kasamaan, at ang maliit na bahagi ay lumalakad nang higit na maingat sa harapan ng Diyos.
- 11 At ganito rin ang mga kalagayan sa ikawalumpu at walong taon ng panunungkulan ng mga hukom.
- 12 At walang gaanong pagbabago sa mga gawain ng mga tao, maliban sa ang mga tao ay nagsimulang higit na tumigas sa kasamaan, at gumawa ng higit pa ng yaong salungat sa mga kautusan ng Diyos, sa ikawalumpu at siyam na taon ng panunungkulan ng mga hukom.
- 13 Ngunit ito ay nangyari na, na sa ikasiyamnapung taon ng panunungkulan ng mga hukom, may mga dakilang palatandaang ibinigay sa mga tao, at mga kababalaghan; at ang mga salita ng mga propeta ay nagsimulang matupad.
- 14 At ang mga anghel ay nagpakita sa mga tao, mga pantas, at ipinahayag sa kanila ang masayang balita ng malaking kagalakan; sa gayon sa taong ito ang mga banal na kasulatan ay nagsimulang matupad.

But the more part of them did not believe in the words of Samuel; therefore when they saw that they could not hit him with their stones and their arrows, they cried unto their captains, saying: Take this fellow and bind him, for behold he hath a devil; and because of the power of the devil which is in him we cannot hit him with our stones and our arrows; therefore take him and bind him, and away with him.

And as they went forth to lay their hands on him, behold, he did cast himself down from the wall, and did flee out of their lands, yea, even unto his own country, and began to preach and to prophesy among his own people.

And behold, he was never heard of more among the Nephites; and thus were the affairs of the people.

And thus ended the eighty and sixth year of the reign of the judges over the people of Nephi.

And thus ended also the eighty and seventh year of the reign of the judges, the more part of the people remaining in their pride and wickedness, and the lesser part walking more circumspectly before God.

And these were the conditions also, in the eighty and eighth year of the reign of the judges.

And there was but little alteration in the affairs of the people, save it were the people began to be more hardened in iniquity, and do more and more of that which was contrary to the commandments of God, in the eighty and ninth year of the reign of the judges.

But it came to pass in the ninetieth year of the reign of the judges, there were great signs given unto the people, and wonders; and the words of the prophets began to be fulfilled.

And angels did appear unto men, wise men, and did declare unto them glad tidings of great joy; thus in this year the scriptures began to be fulfilled.

- 15 Gayunpaman, ang mga tao ay nagsimulang patigasin ang kanilang mga puso, lahat maliban doon sa higit na naniniwalang bahagi sa kanila, kapwa sa mga Nephita at gayun din sa mga Lamanita, at nagsimulang umasa sa kanilang sariling lakas at sa kanilang sariling karunungan, sinasabing:
- 16 Ilan sa mga bagay ay maaaring nahulaan nila nang tama, sa karamihan; ngunit masdan, nalalaman namin na lahat ng dakila at kagila-gilalas na gawang ito ay hindi maaaring mangyari, kung alin ay nasabi na.
- 17 At sila ay nagsimulang mangatwiran at magtatalo sa kanilang sarili, sinasabing:
- 18 Na hindi makatwiran na isang gayong nilikha gaya ni Cristo ay pumarito; kung magkakagayon, at kung siya ang Anak ng Diyos, ang Ama ng langit at ng lupa, gaya ng sinabi, bakit hindi niya ipakikita ang kanyang sarili sa atin gayon din sa kanila na naroroon sa Jerusalem?
- 19 Oo, bakit hindi niya ipakikita ang sarili sa lupaing ito ganoon din sa lupain ng Jerusalem?
- 20 Ngunit masdan, nalalaman natin na ito ay isang masamang kaugalian, na ipinasa-pasa sa atin ng ating mga ama, upang tayo ay papaniwalain sa ilang dakila at kagila-gilalas na bagay na mangyayari, subalit hindi sa atin, kundi sa isang lupaing higit na malayo, isang lupaing hindi natin alam; kaya nga tayo ay mapananatili nila sa kamangmangan, sapagkat hindi natin masasaksihan ng ating sariling mga mata na ang mga yaon ay totoo.
- 21 At sila, sa pamamagitan ng katusuhan at mahiwagang pamamaraan ng yaong masama, ay gumagawa ng ilang dakilang hiwaga na hindi natin kayang maunawaan, na magpapanatili sa atin sa ibaba upang maging mga alipin ng kanilang mga salita, at mga alipin din nila, sapagkat tayo ay umaasa sa kanila na turuan tayo ng salita; at sa gayon mapananatili nila tayo sa kamangmangan kung ipaiilalim natin ang ating sarili sa kanila, sa lahat ng araw ng ating mga buhay.

Nevertheless, the people began to harden their hearts, all save it were the most believing part of them, both of the Nephites and also of the Lamanites, and began to depend upon their own strength and upon their own wisdom, saying:

Some things they may have guessed right, among so many; but behold, we know that all these great and marvelous works cannot come to pass, of which has been spoken.

And they began to reason and to contend among themselves, saying:

That it is not reasonable that such a being as a Christ shall come; if so, and he be the Son of God, the Father of heaven and of earth, as it has been spoken, why will he not show himself unto us as well as unto them who shall be at Jerusalem?

Yea, why will he not show himself in this land as well as in the land of Jerusalem?

But behold, we know that this is a wicked tradition, which has been handed down unto us by our fathers, to cause us that we should believe in some great and marvelous thing which should come to pass, but not among us, but in a land which is far distant, a land which we know not; therefore they can keep us in ignorance, for we cannot witness with our own eyes that they are true.

And they will, by the cunning and the mysterious arts of the evil one, work some great mystery which we cannot understand, which will keep us down to be servants to their words, and also servants unto them, for we depend upon them to teach us the word; and thus will they keep us in ignorance if we will yield ourselves unto them, all the days of our lives.

22 At marami pang bagay ang inisip ng mga tao sa kanilang mga puso, na mga kahangalan at walang kabuluhan; at sila ay labis na naguluhan, sapagkat si Satanas ang nag-udyok sa kanila na patuloy na gumawa ng kasamaan; oo, siya ay lumibot na nagkakalat ng mga usap-usapan at alitan sa ibabaw ng buong lupain, upang kanyang mapatigas ang mga puso ng mga tao laban doon sa mabuti at laban doon sa yaong darating.

23 At sa kabila ng mga palatandaan at ng mga kababalaghang ginawa sa mga tao ng Panginoon, at ng maraming himalang kanilang ginawa, nagkaroon ng malakas na pagkakahawak si Satanas sa mga puso ng mga tao sa ibabaw ng buong lupain.

24 At sa gayon nagtapos ang ikasiyamnapung taon ng panunungkulan ng mga hukom sa mga tao ni Nephi.

25 At sa gayon nagtapos ang aklat ni Helaman, ayon sa talaan ni Helaman at ng kanyang mga anak.

And many more things did the people imagine up in their hearts, which were foolish and vain; and they were much disturbed, for Satan did stir them up to do iniquity continually; yea, he did go about spreading rumors and contentions upon all the face of the land, that he might harden the hearts of the people against that which was good and against that which should come.

And notwithstanding the signs and the wonders which were wrought among the people of the Lord, and the many miracles which they did, Satan did get great hold upon the hearts of the people upon all the face of the land.

And thus ended the ninetieth year of the reign of the judges over the people of Nephi.

And thus ended the book of Helaman, according to the record of Helaman and his sons.

# Ikatlong Nephi

## Ang Aklat ni Nephi

### ang Anak ni Nephi, na Anak ni Helaman

*At si Helaman ay anak ni Helaman, na anak ni Alma, na anak ni Alma, na inapo ni Nephi na anak ni Lehi, na umalis sa Jerusalem sa unang taon ng paghabari ni Zedekias, na hari ng Juda.*

### 3 Nephi 1

- 1 Ngayon ito ay nangyari na, na ang ikasiyamnapu at isang taon ay lumipas at ito ay anim na raang taon na mula sa panahong lumisan si Lehi sa Jerusalem; at ito ay sa taon na si Laconeo ang punong hukom at gobernador ng lupain.
- 2 At si Nephi, na anak ni Helaman, ay lumisan sa lupain ng Zarahemla, nagtatagubilin sa kanyang anak na si Nephi, na kanyang pinakamatandang anak na lalaki, hinggil sa mga laminang tanso, at lahat ng talaang iningatan, at lahat ng yaong bagay na iningatang banal simula pa sa paglisan ni Lehi mula sa Jerusalem.
- 3 Pagkatapos siya ay lumisan sa lupain, at kung saan siya nagtungo, walang taong nakaaalam; at ang kanyang anak na si Nephi ang nag-ingat ng mga talaan na kahalili niya, oo, ang talaan ng mga taong ito.
- 4 At ito ay nangyari na, na sa pagsisimula ng ikasiyamnapu at dalawang taon, masdan, ang mga propesiya ng mga propeta ay nagsimulang ganap na matupad; sapagkat nagsimulang magkaroon ng mga higit na dakilang palatandaan at dakilang himala na ginawa sa mga tao.
- 5 Subalit may ilan na nagsimulang magsabi na ang panahon ay nakalipas na upang ang mga salita ay matupad, na sinabi ni Samuel, ang Lamanita.

# Third Nephi

## The Book of Nephi

### the Son of Nephi, Who Was the Son of Helaman

*And Helaman was the son of Helaman, who was the son of Alma, who was the son of Alma, being a descendant of Nephi who was the son of Lehi, who came out of Jerusalem in the first year of the reign of Zedekiah, the king of Judah.*

### 3 Nephi 1

- Now it came to pass that the ninety and first year had passed away and it was six hundred years from the time that Lehi left Jerusalem; and it was in the year that Lachoneus was the chief judge and the governor over the land.
- And Nephi, the son of Helaman, had departed out of the land of Zarahemla, giving charge unto his son Nephi, who was his eldest son, concerning the plates of brass, and all the records which had been kept, and all those things which had been kept sacred from the departure of Lehi out of Jerusalem.
- Then he departed out of the land, and whither he went, no man knoweth; and his son Nephi did keep the records in his stead, yea, the record of this people.
- And it came to pass that in the commencement of the ninety and second year, behold, the prophecies of the prophets began to be fulfilled more fully; for there began to be greater signs and greater miracles wrought among the people.
- But there were some who began to say that the time was past for the words to be fulfilled, which were spoken by Samuel, the Lamanite.

- 6 At sila ay nagsimulang magsaya laban sa kanilang mga kapatid, sinasabing: Masdan, ang panahon ay lumipas na, at ang mga salita ni Samuel ay hindi natupad; anupa't ang inyong kagalakan at ang inyong pananampalataya hinggil sa bagay na ito ay nawalang-saysay.
- 7 At ito ay nangyari na, na sila ay lumikha ng malaking pagkakaingay sa buong lupain; at ang mga taong naniniwala ay nagsimulang malungkot nang labis, at baka sa anong paraan ang mga bagay na sinabi ay hindi mangyari.
- 8 Ngunit masdan, sila ay matatag na naghintay sa maghapon na magiging isang araw na parang walang gabi, upang malaman nila na ang kanilang pananampalataya ay hindi nawalang-kabuluhan.
- 9 Ngayon ito ay nangyari na, na may isang araw na itinakda ang mga di naniniwala, na ang lahat ng yaong naniniwala sa gayong kaugalian ay nararapat na patayin maliban kung ang palatandaan ay mangyari, na ibinigay ni Samuel, ang propeta.
- 10 Ngayon ito ay nangyari na, nang makita ni Nephi, na anak ni Nephi, ang ganitong kasamaan ng kanyang mga tao, ang kanyang puso ay labis na nalungkot.
- 11 At ito ay nangyari na, na siya ay lumabas at iniyukod ang sarili sa lupa, at nagsumamo nang buong taimtim sa kanyang Diyos para sa kapakanan ng kanyang mga tao, oo, yaong maaaring mapahamak dahil sa kanilang pananampalataya sa kaugalian ng kanilang mga ama.
- 12 At ito ay nangyari na, na siya ay nagsumamo nang buong taimtim sa Panginoon sa buong araw na yaon; at masdan, ang tinig ng Panginoon ay nangusap sa kanya, sinasabing:
- 13 Itaas mo ang iyong ulo at magalak; sapagkat masdan, dumating na ang panahon, at sa gabing ito ang palatandaan ay makikita, at kinabukasan, paparito ako sa daigdig, upang ipakita sa sanlibutan na tutuparin ko ang lahat ng aking pinapangyaring sabihin ng bibig ng aking mga banal na propeta.

And they began to rejoice over their brethren, saying: Behold the time is past, and the words of Samuel are not fulfilled; therefore, your joy and your faith concerning this thing hath been vain.

And it came to pass that they did make a great uproar throughout the land; and the people who believed began to be very sorrowful, lest by any means those things which had been spoken might not come to pass.

But behold, they did watch steadfastly for that day and that night and that day which should be as one day as if there were no night, that they might know that their faith had not been vain.

Now it came to pass that there was a day set apart by the unbelievers, that all those who believed in those traditions should be put to death except the sign should come to pass, which had been given by Samuel the prophet.

Now it came to pass that when Nephi, the son of Nephi, saw this wickedness of his people, his heart was exceedingly sorrowful.

And it came to pass that he went out and bowed himself down upon the earth, and cried mightily to his God in behalf of his people, yea, those who were about to be destroyed because of their faith in the tradition of their fathers.

And it came to pass that he cried mightily unto the Lord all that day; and behold, the voice of the Lord came unto him, saying:

Lift up your head and be of good cheer; for behold, the time is at hand, and on this night shall the sign be given, and on the morrow come I into the world, to show unto the world that I will fulfil all that which I have caused to be spoken by the mouth of my holy prophets.



- 14 Masdan, ako ay paparito sa sariling akin, upang tuparin ang lahat ng bagay na ipinaalam ko sa mga anak ng tao mula pa sa pagkakatatag ng daigdig, at upang gawin ang kalooban, kapwa ng Ama at ng Anak—ng Ama dahil sa akin, at ng Anak dahil sa aking laman. At masdan, dumating na ang panahon, at sa gabing ito ang palatandaan ay makikita.
- 15 At ito ay nangyari na, na ang mga salitang sinabi kay Nephi ay natupad, alinsunod sa pagkakasabi sa mga yaon; sapagkat masdan, sa paglubog ng araw ay hindi nagkaroon ng kadiliman; at ang mga tao ay nagsimulang manggilalas dahil sa hindi nagkaroon ng kadiliman nang sumapit ang gabi.
- 16 At marami sa hindi nagsipaniwala sa mga salita ng mga propeta, ang nangabuwal sa lupa at nagmistulang mga patay, sapagkat alam nila na ang malaking plano ng paglipol na kanilang inihanda para sa mga naniwala sa mga salita ng mga propeta ay nabigo; sapagkat ang palatandaang ibinigay ay dumating na.
- 17 At nagsimula nilang malaman na ang Anak ng Diyos hindi maglalaon ay magpapakita; oo, sa madaling salita, lahat ng tao sa balat ng buong lupa mula sa kanluran hanggang sa silangan, kapwa sa lupain sa hilaga at sa lupain sa timog, ay labis na nanggilalas na ikinabuwal nila sa lupa.
- 18 Sapagkat alam nila na ang mga propeta ay nagpatotoo sa mga bagay na ito ng maraming taon, at na ang palatandaang ibinigay ay dumating na; at sila ay nagsimulang matakot dahil sa kanilang kasamaan at kanilang kawalang-paniniwala.
- 19 At ito ay nangyari na, na hindi nagkaroon ng kadiliman sa buong gabing yaon, kundi ito ay katulad ng liwanag ng katanghaliang-tapat. At ito ay nangyari na, na ang araw ay sumikat na muli sa umaga, alinsunod sa wastong kaayusan nito; at alam nila na ito ang araw na ang Panginoon ay isisilang, dahil sa palatandaang ibinigay.
- 20 At ito ay nangyari na nga, oo, lahat ng bagay, bawat kaliit-liitang bagay, alinsunod sa mga salita ng mga propeta.
- 21 At ito rin ay nangyari na, na isang bagong bituin ang lumitaw, alinsunod sa salita.

Behold, I come unto my own, to fulfil all things which I have made known unto the children of men from the foundation of the world, and to do the will, both of the Father and of the Son—of the Father because of me, and of the Son because of my flesh. And behold, the time is at hand, and this night shall the sign be given.

And it came to pass that the words which came unto Nephi were fulfilled, according as they had been spoken; for behold, at the going down of the sun there was no darkness; and the people began to be astonished because there was no darkness when the night came.

And there were many, who had not believed the words of the prophets, who fell to the earth and became as if they were dead, for they knew that the great plan of destruction which they had laid for those who believed in the words of the prophets had been frustrated; for the sign which had been given was already at hand.

And they began to know that the Son of God must shortly appear; yea, in fine, all the people upon the face of the whole earth from the west to the east, both in the land north and in the land south, were so exceedingly astonished that they fell to the earth.

For they knew that the prophets had testified of these things for many years, and that the sign which had been given was already at hand; and they began to fear because of their iniquity and their unbelief.

And it came to pass that there was no darkness in all that night, but it was as light as though it was mid-day. And it came to pass that the sun did rise in the morning again, according to its proper order; and they knew that it was the day that the Lord should be born, because of the sign which had been given.

And it had come to pass, yea, all things, every whit, according to the words of the prophets.

And it came to pass also that a new star did appear, according to the word.

22 At ito ay nangyari na, na mula sa panahong ito, nagsimulang ipalaganap ang mga kasinungalingan sa mga tao, ni Satanas, upang patigas ang kanilang mga puso, sa layuning huwag silang magsipaniwala sa mga yaong palatandaan at kababalaghang kanilang nakita; ngunit sa kabila ng mga pagsisinungaling at panlilinlang na ito higit na nakararaming bahagi ng mga tao ang naniwala, at nagbalik-loob sa Panginoon.

23 At ito ay nangyari na, na si Nephi ay humayo sa mga tao, at gayundin ang marami pang iba, nagbibinyag tungo sa pagsisisi, na kung saan nagkaroon ng malaking pagpapatawad sa mga kasalanan. At sa gayon ang mga tao ay nagsimulang magkaroong muli ng kapayapaan sa lupain.

24 At hindi nagkaroon ng mga pagtatalo, maliban sa ilan na nagsimulang mangaral, nagsisikap na patunayan sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan na hindi na kailangan pang sundin ang mga batas ni Moises. Ngayon sa bagay na ito sila ay nagkamali, sapagkat hindi nauunawaan ang mga banal na kasulatan.

25 Ngunit ito ay nangyari na, na di naglaon sila ay nagbalik-loob, at napaniwala sa kamalian na kanilang kinasadlakan, sapagkat ipinaalam sa kanila na ang mga batas ay hindi pa natutupad, at na ito ay kinakailangang matupad sa bawat kaliit-liitang bagay; oo, ang salita ay ipinahayag sa kanila na ito ay kinakailangang matupad; oo, na ang isang tuldok o kudlit ay hindi lilipas hanggang sa ito ay matupad na lahat; anupa't sa taon ding ito, sila ay nadala sa kaalaman ng kanilang kamalian at ipinagtapat ang kanilang mga pagkakamali.

26 At sa gayon lumipas ang ikasiyamnapu at dalawang taon, nagdadala ng masasayang balita sa mga tao dahil sa mga palatandaang nangyari na, alinsunod sa mga salita ng propesiya ng lahat ng banal na propeta.

And it came to pass that from this time forth there began to be lyings sent forth among the people, by Satan, to harden their hearts, to the intent that they might not believe in those signs and wonders which they had seen; but notwithstanding these lyings and deceivings the more part of the people did believe, and were converted unto the Lord.

And it came to pass that Nephi went forth among the people, and also many others, baptizing unto repentance, in the which there was a great remission of sins. And thus the people began again to have peace in the land.

And there were no contentions, save it were a few that began to preach, endeavoring to prove by the scriptures that it was no more expedient to observe the law of Moses. Now in this thing they did err, having not understood the scriptures.

But it came to pass that they soon became converted, and were convinced of the error which they were in, for it was made known unto them that the law was not yet fulfilled, and that it must be fulfilled in every whit; yea, the word came unto them that it must be fulfilled; yea, that one jot or tittle should not pass away till it should all be fulfilled; therefore in this same year were they brought to a knowledge of their error and did confess their faults.

And thus the ninety and second year did pass away, bringing glad tidings unto the people because of the signs which did come to pass, according to the words of the prophecy of all the holy prophets.

27 At ito ay nangyari na, na ang ikasiyamnapu at tatlong taon ay lumipas din sa kapayapaan, maliban doon sa mga tulisan ni Gadianton na naninirahan sa mga bundok, na namumugad sa lupain; sapagkat napakatibay ng kanilang mga kuta at kanilang mga lihim na lugar kung kaya't ang mga tao ay hindi sila madaig; anupa't sila ay nagsagawa ng maraming pagpaslang, at gumawa ng maraming pagkatay sa mga tao.

28 At ito ay nangyari na, na sa ikasiyamnapu at apat na taon sila ay nagsimulang dumami sa napakalaking bilang, dahil sa maraming tumitiwalag sa mga Nephita na tumakas patungo sa kanila, na naging sanhi ng labis na kalungkutan doon sa mga Nephita na nanatili sa lupain.

29 At nagkaroon din ng dahilan ng labis na kalungkutan sa mga Lamanita; sapagkat masdan, marami silang mga anak na lumaki at nagsimulang maging makapangyarihan sa paglipas ng mga taon, kung kaya't sila ay nagbago sa kanilang sarili at naakay palayo ng ilan sa mga Zoramita sa pamamagitan ng kanilang pagsisinungaling at kanilang mahihibok na salita, na umanib sa mga yaong tulisan ni Gadianton.

30 At sa gayon din nahirapan ang mga Lamanita, at nagsimulang manghina sa kanilang pananampalataya at kabutihan, dahil sa kasamaan ng sumisibol na salinlahi.

And it came to pass that the ninety and third year did also pass away in peace, save it were for the Gadianton robbers, who dwelt upon the mountains, who did infest the land; for so strong were their holds and their secret places that the people could not overpower them; therefore they did commit many murders, and did do much slaughter among the people.

And it came to pass that in the ninety and fourth year they began to increase in a great degree, because there were many dissenters of the Nephites who did flee unto them, which did cause much sorrow unto those Nephites who did remain in the land.

And there was also a cause of much sorrow among the Lamanites; for behold, they had many children who did grow up and began to wax strong in years, that they became for themselves, and were led away by some who were Zoramites, by their lyings and their flattering words, to join those Gadianton robbers.

And thus were the Lamanites afflicted also, and began to decrease as to their faith and righteousness, because of the wickedness of the rising generation.

## 3 Nephi 2

- 1 At ito ay nangyari na, na sa gayon din lumipas ang ikasiyamnapu at limang taon, at ang mga tao ay nagsimulang malimutan yaong mga palatandaan at kababalaghang kanilang narinig, at nagsimulang unti-unting hindi na nanggigilalas sa isang palatandaan o isang kababalaghan mula sa langit, hanggang sa sila ay magsimulang maging matitigas sa kanilang mga puso, at bulag sa kanilang mga pag-iisip, at nagsimulang hindi paniwalaan ang lahat ng narinig nila at nakita—
- 2 Nag-aakala ng walang kabuluhang bagay sa kanilang mga puso, na ito ay gawa ng tao at ng kapangyarihan ng diyablo, upang maakay palayo at malinlang ang mga puso ng mga tao; at sa gayon muling naangkin ni Satanas ang mga puso ng mga tao, kung kaya nga't nabulag niya ang kanilang mga mata at naakay silang palayo na maniwala na ang doktrina ni Cristo ay isang kahangalan at walang kabuluhang bagay.
- 3 At ito ay nangyari na, na ang mga tao ay nagsimulang maging malakas sa kasamaan at mga karumal-dumal na gawain; at hindi sila naniniwalang magkakaroon ng iba pang mga palatandaan o kababalaghang ipakikita; at si Satanas ay nagpalibut-libot, inakay palayo ang mga puso ng mga tao, tinutukso sila at inuudyukan silang gumawa ng labis na kasamaan sa lupain.
- 4 At sa gayon lumipas ang ikasiyamnapu at anim na taon; at gayon din ang ikasiyamnapu at pitong taon; at gayon din ang ikasiyamnapu at walong taon; at gayon din ang ikasiyamnapu at siyam na taon;
- 5 At isandaang taon din ang lumipas mula noong mga araw ni Mosias, na naging hari sa mga tao ng mga Nephita.
- 6 At anim na raan at siyam na taon na ang lumipas mula nang lisanin ni Lehi ang Jerusalem.
- 7 At siyam na taon na ang lumipas mula sa panahong nakita ang palatandaan, na sinabi ng mga propeta, na si Cristo ay paparito sa daigdig.
- 8 Ngayon, ang mga Nephita ay nagsimulang bilangin ang kanilang oras mula sa panahong ito nang ang palatandaan ay makita, o mula sa pagparito ni Cristo; anupa't siyam na taon na ang lumipas.

## 3 Nephi 2

And it came to pass that thus passed away the ninety and fifth year also, and the people began to forget those signs and wonders which they had heard, and began to be less and less astonished at a sign or a wonder from heaven, insomuch that they began to be hard in their hearts, and blind in their minds, and began to disbelieve all which they had heard and seen—

Imagining up some vain thing in their hearts, that it was wrought by men and by the power of the devil, to lead away and deceive the hearts of the people; and thus did Satan get possession of the hearts of the people again, insomuch that he did blind their eyes and lead them away to believe that the doctrine of Christ was a foolish and a vain thing.

And it came to pass that the people began to wax strong in wickedness and abominations; and they did not believe that there should be any more signs or wonders given; and Satan did go about, leading away the hearts of the people, tempting them and causing them that they should do great wickedness in the land.

And thus did pass away the ninety and sixth year; and also the ninety and seventh year; and also the ninety and eighth year; and also the ninety and ninth year;

And also an hundred years had passed away since the days of Mosiah, who was king over the people of the Nephites.

And six hundred and nine years had passed away since Lehi left Jerusalem.

And nine years had passed away from the time when the sign was given, which was spoken of by the prophets, that Christ should come into the world.

Now the Nephites began to reckon their time from this period when the sign was given, or from the coming of Christ; therefore, nine years had passed away.

- 9 At si Nephi, na ama ni Nephi, na nangangalaga sa mga talaan, ay hindi na bumalik sa lupain ng Zarahemla, at hindi na natagpuan pa sa buong lupain.
- 10 At ito ay nangyari na, na ang mga tao ay nanatili pa rin sa kasamaan, sa kabila ng labis na pangangaral at pagpopropesiyang ipinalaganap sa kanila; at sa gayon din lumipas ang ikasampung taon; at lumipas din ang ikalabing-isang taon sa kasamaan.
- 11 At ito ay nangyari na, na sa ikalabingtatlong taon ay nagsimulang magkaroon ng mga digmaan at alitan sa lahat ng dako ng buong lupain; sapagkat naging napakarami ng mga tulisan ni Gadianton, at pumatay ng napakarami sa mga tao, at winasak ang napakaraming lunsod, at nagpalaganap ng labis na kamatayan at pagkatay sa buong lupain, kung kaya't kinailangan na ang lahat ng tao, kapwa mga Nephita at Lamanita, ay humawak ng mga sandata laban sa kanila.
- 12 Kaya nga, lahat ng Lamanita na nagbalik-loob sa Panginoon ay nakiisa sa kanilang mga kapatid, ang mga Nephita, at napilitan, para sa kaligtasan ng kanilang mga buhay at kanilang kababaihan at kanilang mga anak, na humawak ng mga sandata laban sa mga yaong tulisan ni Gadianton, oo, at upang mapangalagaan din ang kanilang mga karapatan, at mga pribilehiyo ng kanilang simbahan at ng kanilang pagsamba, at kanilang kalayaan.
- 13 At ito ay nangyari na, na bago lumipas ang ikalabingtatlong taong ito, ang mga Nephita ay nanganib na ganap na malipol dahil sa digmaang ito, na naging napakasidhi.
- 14 At ito ay nangyari na, na yaong mga Lamanita na nakiisa sa mga Nephita ay napabilang sa mga Nephita;
- 15 At ang sumpa sa kanila ay inalis mula sa kanila, at ang kanilang mga balat ay naging mapuputi na katulad ng mga Nephita;
- 16 At ang kanilang mga kabataang lalaki at babae ay naging napakakaaya-aya, at napabilang sila sa mga Nephita, at tinawag na mga Nephita. At sa gayon nagtapos ang ikalabingtatlong taon.

And Nephi, who was the father of Nephi, who had the charge of the records, did not return to the land of Zarahemla, and could nowhere be found in all the land.

And it came to pass that the people did still remain in wickedness, notwithstanding the much preaching and prophesying which was sent among them; and thus passed away the tenth year also; and the eleventh year also passed away in iniquity.

And it came to pass in the thirteenth year there began to be wars and contentions throughout all the land; for the Gadianton robbers had become so numerous, and did slay so many of the people, and did lay waste so many cities, and did spread so much death and carnage throughout the land, that it became expedient that all the people, both the Nephites and the Lamanites, should take up arms against them.

Therefore, all the Lamanites who had become converted unto the Lord did unite with their brethren, the Nephites, and were compelled, for the safety of their lives and their women and their children, to take up arms against those Gadianton robbers, yea, and also to maintain their rights, and the privileges of their church and of their worship, and their freedom and their liberty.

And it came to pass that before this thirteenth year had passed away the Nephites were threatened with utter destruction because of this war, which had become exceedingly sore.

And it came to pass that those Lamanites who had united with the Nephites were numbered among the Nephites;

And their curse was taken from them, and their skin became white like unto the Nephites;

And their young men and their daughters became exceedingly fair, and they were numbered among the Nephites, and were called Nephites. And thus ended the thirteenth year.

- 17 At ito ay nangyari na, na sa pagsisimula ng ikalabing-apat na taon, ang digmaan sa pagitan ng mga tulisan at ng mga tao ni Nephi ay nagpatuloy at naging napakasidhi; gayon pa man, ang mga tao ni Nephi ay nagtamo ng kaunting kalamangan sa mga tulisan, hanggang sa kanilang naitaboy sila palabas ng kanilang mga lupain patungo sa mga bundok at patungo sa kanilang mga lihim na lugar.
- 18 At sa gayon nagtapos ang ikalabing-apat na taon. At sa ikalabinglimang taon sila ay sumalakay laban sa mga tao ni Nephi; at dahil sa kasamaan ng mga tao ni Nephi, at sa marami nilang alitan at mga pagtatalu-talo, ang mga tulisan ni Gadianton ay nagtamo ng malaking kalamangan sa kanila.
- 19 At sa gayon nagtapos ang ikalabinglimang taon, at sa gayon ang mga tao ay nasa kalagayan ng maraming paghihirap; at ang espada ng pagkalipol ay nakaumang sa ulunan nila, kung kaya nga't sila ay babagabagin na sana nito, at ito ay dahil sa kanilang kasamaan.

And it came to pass in the commencement of the fourteenth year, the war between the robbers and the people of Nephi did continue and did become exceedingly sore; nevertheless, the people of Nephi did gain some advantage of the robbers, insomuch that they did drive them back out of their lands into the mountains and into their secret places.

And thus ended the fourteenth year. And in the fifteenth year they did come forth against the people of Nephi; and because of the wickedness of the people of Nephi, and their many contentions and dissensions, the Gadianton robbers did gain many advantages over them.

And thus ended the fifteenth year, and thus were the people in a state of many afflictions; and the sword of destruction did hang over them, insomuch that they were about to be smitten down by it, and this because of their iniquity.

### 3 Nephi 3

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, na sa ikalabing-anim na taon mula sa pagparito ni Cristo, si Laconeo, ang gobernador ng lupain, ay nakatanggap ng liham mula sa pinuno at gobernador ng pangkat ng mga tulisang ito; at ito ang mga salitang nakasulat, sinasabing:
  - 2 Laconeo, kagalang-galang at punong gobernador ng lupain, masdan, isinulat ko ang liham na ito sa iyo, at nagbibigay sa iyo ng labis na papuri dahil sa iyong katatagan, at gayon din sa katatagan ng iyong mga tao, sa pangangalaga ng yaong inaakala ninyong inyong karapatan at kalayaan; oo, magaling kayong naninindigan, na tila bagang itinataguyod kayo ng kamay ng isang diyos, sa pagtatanggol ng inyong kalayaan, at ng inyong ari-arian, at ng inyong bayan, o yaong tinatawag ninyong gayon.
  - 3 At tila bagang nakakaawa para sa akin, kagalang-galang na Laconeo, na ikaw ay maging napakahangal at hambog upang akalain na maaari kang makapanlaban sa napakaraming matapang na tauhan na nasa aking pamumuno, na sa ngayong oras na ito ay nakahanda sa kanilang mga sandata, at naghihintay nang may labis na pananabik sa salita—Bumaba sa mga Nephita at lipulin sila.
  - 4 At ako, nalalaman ang di magapi nilang katapangan, matapos silang mapatunayan sa larangan ng digmaan, at nalalaman ang kanilang walang hanggang pagkapoot sa inyo dahil sa marami ninyong pang-aaping ginawa sa kanila, kaya nga, kung sila ay sasalakay laban sa inyo ay dadalawin nila kayo sa ganap na pagkalipol.
  - 5 Kaya nga isinulat ko ang liham na ito, tinatakan ng sarili kong kamay, nakauunawa para sa inyong kapakanan, dahil sa inyong katatagan sa yaong pinaniniwalaan ninyong tama, at ang inyong magigiting na espiritu sa larangan ng digmaan.
  - 6 Kaya nga sumusulat ako sa iyo, hinihinging isuko na ninyo sa mga tao kong ito, ang inyong mga lunsod, inyong mga lupain, at inyong mga pag-aari, kaysa sa kayo ay dalawin nila ng espada at sumapit sa inyo ang pagkalipol.

### 3 Nephi 3

And now it came to pass that in the sixteenth year from the coming of Christ, Lachoneus, the governor of the land, received an epistle from the leader and the governor of this band of robbers; and these were the words which were written, saying:

Lachoneus, most noble and chief governor of the land, behold, I write this epistle unto you, and do give unto you exceedingly great praise because of your firmness, and also the firmness of your people, in maintaining that which ye suppose to be your right and liberty; yea, ye do stand well, as if ye were supported by the hand of a god, in the defence of your liberty, and your property, and your country, or that which ye do call so.

And it seemeth a pity unto me, most noble Lachoneus, that ye should be so foolish and vain as to suppose that ye can stand against so many brave men who are at my command, who do now at this time stand in their arms, and do await with great anxiety for the word—Go down upon the Nephites and destroy them.

And I, knowing of their unconquerable spirit, having proved them in the field of battle, and knowing of their everlasting hatred towards you because of the many wrongs which ye have done unto them, therefore if they should come down against you they would visit you with utter destruction.

Therefore I have written this epistle, sealing it with mine own hand, feeling for your welfare, because of your firmness in that which ye believe to be right, and your noble spirit in the field of battle.

Therefore I write unto you, desiring that ye would yield up unto this my people, your cities, your lands, and your possessions, rather than that they should visit you with the sword and that destruction should come upon you.

- 7 O sa ibang salita, isuko na ninyo ang inyong sarili sa amin, at makiisa sa amin at maging maalam sa aming mga lihim na gawain, at maging aming mga kapatid upang kayo ay maging katulad namin—hindi aming mga alipin, kundi aming mga kapatid at kahati sa lahat ng aming mga ari-arian.
- 8 At masdan, ako ay nangangako sa inyo, kung gagawin ninyo ito, nang may panunumpa, hindi kayo malilipol; subalit kung hindi ninyo gagawin ito, ako ay nangangako sa inyo nang may panunumpa, na sa susunod na buwan ay iuutos ko na ang aking mga hukbo ay sumalakay sa inyo, at hindi nila pipigilin ang kanilang kamay at hindi sila magpapatawad, kundi papatayin kayo, at pababagsakin ang espada sa inyo maging hanggang sa malipol kayo.
- 9 At masdan, ako si Giddianhi; at ako ang gobernador nitong lihim na samahan ni Gadianton; kung aling samahan at ang mga gawain niyon ay nalalaman kong mabuti; at ang mga ito ay noong sinauna pa at ang mga ito ay ipinasa-pasa sa amin.
- 10 At isinulat ko ang liham na ito sa iyo, Laconeo, at umaasa akong isusuko ninyo ang inyong mga lupain at inyong mga pag-aari, nang walang pagdadanak ng dugo, upang mabawi nitong mga tao ko ang kanilang mga karapatan at pamahalaan, na mga tumiwalag mula sa inyo dahil sa inyong kasamaan sa pagkakait sa kanila ng kanilang mga karapatan sa pamahalaan, at maliban kung gagawin ninyo ito, ipaghihiganti ko ang kanilang mga kaapihan. Ako si Giddianhi.
- 11 At ngayon ito ay nangyari na, nang matanggap ni Laconeo ang liham na ito siya ay labis na nanggilalas, dahil sa kapangahasan ni Giddianhi sa paghingi ng pag-aari ng lupain ng mga Nephita, at sa pagbabanta rin sa mga tao at sa paghihiganti ng mga kaapihan ng mga yaong hindi naman dinulutan ng kaapihan, maliban sa inapi nila ang kanilang sarili sa pagtitiwalag patungo sa yaong masasama at mga karumal-dumal na tulisan.

Or in other words, yield yourselves up unto us, and unite with us and become acquainted with our secret works, and become our brethren that ye may be like unto us—not our slaves, but our brethren and partners of all our substance.

And behold, I swear unto you, if ye will do this, with an oath, ye shall not be destroyed; but if ye will not do this, I swear unto you with an oath, that on the morrow month I will command that my armies shall come down against you, and they shall not stay their hand and shall spare not, but shall slay you, and shall let fall the sword upon you even until ye shall become extinct.

And behold, I am Giddianhi; and I am the governor of this the secret society of Gadianton; which society and the works thereof I know to be good; and they are of ancient date and they have been handed down unto us.

And I write this epistle unto you, Lachoneus, and I hope that ye will deliver up your lands and your possessions, without the shedding of blood, that this my people may recover their rights and government, who have dissented away from you because of your wickedness in retaining from them their rights of government, and except ye do this, I will avenge their wrongs. I am Giddianhi.

And now it came to pass when Lachoneus received this epistle he was exceedingly astonished, because of the boldness of Giddianhi demanding the possession of the land of the Nephites, and also of threatening the people and avenging the wrongs of those that had received no wrong, save it were they had wronged themselves by dissenting away unto those wicked and abominable robbers.



- 12 Ngayon masdan, itong si Laconeo, ang gobernador, ay isang makatarungang lalaki, at hindi maaaring matakot ng mga kahilingan at ng mga pagbabanta ng isang tulisan; kaya nga hindi niya binigyang-pansin ang liham ni Giddianhi, na gobernador ng mga tulisan, kundi kanyang pinapangyari na ang kanyang mga tao ay magsumamo sa Panginoon upang humingi ng lakas sa paghahanda sa panahon ng pagsalakay ng mga tulisan laban sa kanila.
- 13 Oo, nagpadala siya ng pahayag sa lahat ng tao, na magkakasamang tipunin nila ang lahat ng kanilang kababaihan, at kanilang mga anak, ang kanilang mga kawan ng tupa at kanilang mga baka, at lahat ng kanilang ari-arian, maliban sa kanilang lupain, sa isang lugar.
- 14 At iniutos niya na magtayo ng mga muog sa paligid nila, at na ang tibay niyon ay maging labis-labis. At iniutos niya na ang mga hukbo, kapwa ng mga Nephita at ng mga Lamanita, o ng lahat silang nabibilang sa mga Nephita, ay italagang mga bantay sa paligid upang bantayan sila, at ipagtanggol sila sa mga tulisan sa araw at gabi.
- 15 Oo, sinabi niya sa kanila: Yamang ang Panginoon ay buhay, maliban kung kayo ay magsisisi sa lahat ng inyong kasamaan, at magsusumamo sa Panginoon, hindi kayo sa anumang paraan maliligtas mula sa mga kamay ng mga yaong tulisan ni Gadianton.
- 16 At napakadakila at kagila-gilalas ang mga salita at propesiya ni Laconeo kung kaya't kanyang napapangyaring mangibabaw ang takot sa lahat ng tao; at nagsikap sila sa kanilang sarili sa kanilang lakas na gawin ang naaayon sa mga salita ni Laconeo.
- 17 At ito ay nangyari na, na si Laconeo ay naghirang ng mga punong kapitan sa lahat ng hukbo ng mga Nephita, upang pamunuan sila sa panahon ng pagsalakay ng mga tulisan mula sa ilang laban sa kanila.
- 18 Ngayon, ang pinakapuno sa lahat ng punong kapitan at ang dakilang pinuno ng lahat ng hukbo ng mga Nephita ay hinirang, at ang kanyang pangalan ay Gidgidoni.

Now behold, this Lachoneus, the governor, was a just man, and could not be frightened by the demands and the threatenings of a robber; therefore he did not hearken to the epistle of Giddianhi, the governor of the robbers, but he did cause that his people should cry unto the Lord for strength against the time that the robbers should come down against them.

Yea, he sent a proclamation among all the people, that they should gather together their women, and their children, their flocks and their herds, and all their substance, save it were their land, unto one place.

And he caused that fortifications should be built round about them, and the strength thereof should be exceedingly great. And he caused that armies, both of the Nephites and of the Lamanites, or of all them who were numbered among the Nephites, should be placed as guards round about to watch them, and to guard them from the robbers day and night.

Yea, he said unto them: As the Lord liveth, except ye repent of all your iniquities, and cry unto the Lord, ye will in nowise be delivered out of the hands of those Gadianton robbers.

And so great and marvelous were the words and prophecies of Lachoneus that they did cause fear to come upon all the people; and they did exert themselves in their might to do according to the words of Lachoneus.

And it came to pass that Lachoneus did appoint chief captains over all the armies of the Nephites, to command them at the time that the robbers should come down out of the wilderness against them.

Now the chiefest among all the chief captains and the great commander of all the armies of the Nephites was appointed, and his name was Gidgidoni.

- 19 Ngayon, kaugalian sa lahat ng Nephita na maghirang ng mga magiging punong kapitan nila, (maliban kung ito ay sa panahon ng kanilang kasamaan) ng sinumang nagtataglay ng diwa ng paghahayag at gayon din ng propesiya; anupa't ang Gidgiddoni na ito ay dakilang propeta sa kanila, katulad din ng yaong punong hukom.
- 20 Ngayon sinabi ng mga tao kay Gidgiddoni: Manalangin ka sa Panginoon, at aahon tayo sa mga bundok at sa ilang, upang masalakay natin ang mga tulisan at malipol sila sa kanilang sariling mga lupain.
- 21 Subalit sinabi ni Gidgiddoni sa kanila: Ipinagbabawal ng Panginoon; sapagkat kung aahon tayo sa kanila ay ibibigay tayo ng Panginoon sa kanilang mga kamay; kaya nga ihahanda natin ang ating sarili sa gitna ng ating mga lupain, at ikakalap natin ang lahat ng ating hukbo, at hindi tayo sasalakay laban sa kanila, kundi maghihintay tayo hanggang sa sila ay sumalakay laban sa atin; samakatwid yamang ang Panginoon ay buhay, kung ganito ang gagawin natin sila ay ibibigay niya sa ating mga kamay.
- 22 At ito ay nangyari na, na sa ikalabimpitong taon, sa huling bahagi ng taon, ang pahayag ni Lachoneus ay napalaganap na sa lahat ng dako ng lupain, at dinala nila ang kanilang mga kabayo, at kanilang mga karuwahe, at kanilang mga baka, at lahat ng kanilang kawan ng tupa, at kanilang mga baka, at kanilang mga butil, at lahat ng kanilang ari-arian, at nagsihayo nang libu-libo at nang sampu-sampung libo, hanggang sa silang lahat ay makarating sa itinakdang lugar na sama-samang pagtitipunan nila, upang ipagtanggol nila ang kanilang sarili laban sa kanilang mga kaaway.
- 23 At ang lupaing itinakda ay lupain ng Zarahemla, at ang lupaing nasa pagitan ng lupaing Zarahemla at ng lupaing Masagana, oo, patungo sa hangganan na nasa pagitan ng lupaing Masagana at ng lupaing Kapanglawan.
- 24 At may napakaraming libong katao na tinatawag na mga Nephita, ang sama-samang tinipon ang kanilang sarili sa lupaing ito. Ngayon iniutos ni Lachoneus na nararapat nilang sama-samang tipunin ang kanilang sarili sa lupaing katimugan, dahil sa masidhing sumpa na nasa lupaing kahilagang.

Now it was the custom among all the Nephites to appoint for their chief captains, (save it were in their times of wickedness) some one that had the spirit of revelation and also prophecy; therefore, this Gidgiddoni was a great prophet among them, as also was the chief judge.

Now the people said unto Gidgiddoni: Pray unto the Lord, and let us go up upon the mountains and into the wilderness, that we may fall upon the robbers and destroy them in their own lands.

But Gidgiddoni saith unto them: The Lord forbid; for if we should go up against them the Lord would deliver us into their hands; therefore we will prepare ourselves in the center of our lands, and we will gather all our armies together, and we will not go against them, but we will wait till they shall come against us; therefore as the Lord liveth, if we do this he will deliver them into our hands.

And it came to pass in the seventeenth year, in the latter end of the year, the proclamation of Lachoneus had gone forth throughout all the face of the land, and they had taken their horses, and their chariots, and their cattle, and all their flocks, and their herds, and their grain, and all their substance, and did march forth by thousands and by tens of thousands, until they had all gone forth to the place which had been appointed that they should gather themselves together, to defend themselves against their enemies.

And the land which was appointed was the land of Zarahemla, and the land which was between the land Zarahemla and the land Bountiful, yea, to the line which was between the land Bountiful and the land Desolation.

And there were a great many thousand people who were called Nephites, who did gather themselves together in this land. Now Lachoneus did cause that they should gather themselves together in the land southward, because of the great curse which was upon the land northward.

25 At pinatibay nila ang kanilang sarili laban sa kanilang mga kaaway; at sila ay nanirahan sa iisang lupain, at sa iisang pangkat, at sila ay natakot sa mga salitang sinabi ni Lachoneo, kung kaya nga't sila ay nagsisi sa lahat ng kanilang mga kasalanan; at inialay nila ang kanilang mga panalangin sa Panginoon nilang Diyos, na kanyang iligtas sila sa panahong sasalakayin sila ng kanilang mga kaaway upang makidigma.

26 At sila ay labis na nalungkot dahil sa kanilang mga kaaway. At iniutos ni Gidgiddoni na sila ay gumawa ng mga sandata ng digmaan ng bawat uri, at dapat silang gumawa ng matitibay na baluti, at ng mga pananggalang, at ng mga kalasag, alinsunod sa kanyang tagubilin.

And they did fortify themselves against their enemies; and they did dwell in one land, and in one body, and they did fear the words which had been spoken by Lachoneus, insomuch that they did repent of all their sins; and they did put up their prayers unto the Lord their God, that he would deliver them in the time that their enemies should come down against them to battle.

And they were exceedingly sorrowful because of their enemies. And Gidgiddoni did cause that they should make weapons of war of every kind, and they should be strong with armor, and with shields, and with bucklers, after the manner of his instruction.

### 3 Nephi 4

- 1 At ito ay nangyari na, na sa huling bahagi ng ikalabingwalong taon ay nakapaghanda na para sa digmaan ang mga yaong hukbo ng mga yaong tulisan, at nagsimulang bumaba at mabilis na humayo mula sa mga burol, at mula sa mga bundok, at sa ilang, at kanilang mga muog, at kanilang mga lihim na lugar, at nagsimulang angkinin ang mga lupain, kapwa mga lupaing katimugan at mga lupaing kahalagaan, at nagsimulang angkinin ang lahat ng lupaing iniwan ng mga Nephita, at ang mga lunsod na iniwang mapapanglaw.
- 2 Subalit masdan, walang mababangis na hayop ni mga hayop na sinisilo sa mga lupaing yaon na iniwan ng mga Nephita, at walang mga hayop na sinisilo para sa mga tulisan maliban lamang sa ilang.
- 3 At ang mga tulisan ay hindi mabubuhay maliban lamang sa ilang, dahil sa kakulangan ng pagkain; sapagkat nilisan ng mga Nephita ang kanilang mga lupain na mapanglaw, at tinipon ang kanilang mga kawan ng tupa at kanilang mga baka at lahat ng kanilang ari-arian, at sila ay nasa iisang pangkat.
- 4 Anupa't walang pagkakataon na ang mga tulisan ay makapandambong at makakuha ng pagkain, maliban kung sasalakay ng hantarang pakikidigma laban sa mga Nephita; at dahil ang mga Nephita ay nasa iisang pangkat, at may napakalaking bilang, at matapos makapaglaan ng pagkain para sa kanilang sarili, at mga kabayo at baka, at bawat uri ng kawan, upang sila ay mabuhay sa loob ng pitong taon, kung aling panahon ay umaasa silang malilipol na ang mga tulisan mula sa ibabaw ng lupain; at sa gayon lumipas ang ikalabingwalong taon.
- 5 At ito ay nangyari na, na sa ikalabingsiyam na taon ay nalaman ni Giddianhi na siya ay kinakailangang umahon upang makidigma laban sa mga Nephita, sapagkat walang paraan upang sila ay mabuhay maliban sa pandarambong at pagnanakaw at pagpaslang.

### 3 Nephi 4

And it came to pass that in the latter end of the eighteenth year those armies of robbers had prepared for battle, and began to come down and to sally forth from the hills, and out of the mountains, and the wilderness, and their strongholds, and their secret places, and began to take possession of the lands, both which were in the land south and which were in the land north, and began to take possession of all the lands which had been deserted by the Nephites, and the cities which had been left desolate.

But behold, there were no wild beasts nor game in those lands which had been deserted by the Nephites, and there was no game for the robbers save it were in the wilderness.

And the robbers could not exist save it were in the wilderness, for the want of food; for the Nephites had left their lands desolate, and had gathered their flocks and their herds and all their substance, and they were in one body.

Therefore, there was no chance for the robbers to plunder and to obtain food, save it were to come up in open battle against the Nephites; and the Nephites being in one body, and having so great a number, and having reserved for themselves provisions, and horses and cattle, and flocks of every kind, that they might subsist for the space of seven years, in the which time they did hope to destroy the robbers from off the face of the land; and thus the eighteenth year did pass away.

And it came to pass that in the nineteenth year Giddianhi found that it was expedient that he should go up to battle against the Nephites, for there was no way that they could subsist save it were to plunder and rob and murder.

6 At hindi sila nangahas na ikalat ang kanilang sarili sa ibabaw ng lupain nang sa gayon sila ay makapagtanim ng butil, at baka salakayin sila ng mga Nephita at patayin sila; anupa't si Giddianhi ay nagbigay-kautusan sa kanyang mga hukbo na sa taong ito sila ay aahon upang makidigma laban sa mga Nephita.

7 At ito ay nangyari na, na sila ay sumalakay upang makidigma; at ito ay sa ikaanim na buwan; at masdan, kasindak-sindak at kakila-kilabot ang araw nang sumalakay sila upang makidigma; at sila ay nabibigkisan alinsunod sa pamamaraan ng mga tulisan; at sila ay may balat ng kordero sa kanilang mga balakang, at sila ay nakukulayan ng dugo, at ang kanilang mga ulo ay ahit, at mayroon silang baluti sa ulo, at kasindak-sindak at kakila-kilabot ang anyo ng mga hukbo ni Giddianhi, dahil sa kanilang baluti, at dahil sa kanilang pagkakakulay ng dugo.

8 At ito ay nangyari na, na ang mga hukbo ng mga Nephita, nang makita nila ang anyo ng hukbo ni Giddianhi, ay nangabuwal na lahat sa lupa, at pinaabot nila ang kanilang mga pagsusumamo sa Panginoon nilang Diyos, na sila ay kaawaan niya at sila ay iligtas mula sa kamay ng kanilang mga kaaway.

9 At ito ay nangyari na, nang makita ito ng mga hukbo ni Giddianhi ay nagsimula silang sumigaw sa malakas na tinig, dahil sa kanilang galak, sapagkat kanilang inakalang nangabuwal ang mga Nephita sa takot dahil sa sindak sa kanilang mga hukbo.

10 Subalit sa bagay na ito sila ay nabigo, sapagkat sila ay hindi kinatatakutan ng mga Nephita; kundi kinatatakutan nila ang kanilang Diyos at nagsumamo sa kanya upang mapangalagaan; anupa't nang sila ay salakayin ng mga hukbo ni Giddianhi ay nakahanda silang harapin sila; oo, sa lakas ng Panginoon ay kanilang hinarap sila.

11 At ang digmaan ay nagsimula sa ikaanim na buwang ito; at kasindak-sindak at kakila-kilabot ang digmaang yaon, oo, kasindak-sindak at kakila-kilabot ang pagkakatatay na yaon, kaya nga't wala pang nalalamang gayong kalaking pagkakatatay sa lahat ng anak ni Lehi mula nang lisanin niya ang Jerusalem.

And they durst not spread themselves upon the face of the land insomuch that they could raise grain, lest the Nephites should come upon them and slay them; therefore Giddianhi gave commandment unto his armies that in this year they should go up to battle against the Nephites.

And it came to pass that they did come up to battle; and it was in the sixth month; and behold, great and terrible was the day that they did come up to battle; and they were girded about after the manner of robbers; and they had a lamb-skin about their loins, and they were dyed in blood, and their heads were shorn, and they had head-plates upon them; and great and terrible was the appearance of the armies of Giddianhi, because of their armor, and because of their being dyed in blood.

And it came to pass that the armies of the Nephites, when they saw the appearance of the army of Giddianhi, had all fallen to the earth, and did lift their cries to the Lord their God, that he would spare them and deliver them out of the hands of their enemies.

And it came to pass that when the armies of Giddianhi saw this they began to shout with a loud voice, because of their joy, for they had supposed that the Nephites had fallen with fear because of the terror of their armies.

But in this thing they were disappointed, for the Nephites did not fear them; but they did fear their God and did supplicate him for protection; therefore, when the armies of Giddianhi did rush upon them they were prepared to meet them; yea, in the strength of the Lord they did receive them.

And the battle commenced in this the sixth month; and great and terrible was the battle thereof, yea, great and terrible was the slaughter thereof, insomuch that there never was known so great a slaughter among all the people of Lehi since he left Jerusalem.

- 12 At sa kabila ng mga pagbabanta at ng mga sumpang ginawa ni Giddianhi, masdan, sila ay nagapi ng mga Nephita, hanggang sa umurong sila mula sa kanilang harapan.
- 13 At ito ay nangyari na, na iniutos ni Gidgiddoni na tugisin sila ng kanyang mga hukbo hanggang sa mga hangganan ng ilang, at na wala silang bubuhayin ni isa man sa mga babagsak sa kanilang mga kamay sa daan; at sa gayon nila tinugis sila at pinagpapatay sila, hanggang sa mga hangganan ng ilang, maging hanggang sa matupad nila ang kautusan ni Gidgiddoni.
- 14 At ito ay nangyari na, na si Giddianhi, na tumindig at nakipaglaban nang buong tapang, ay tinugis nang siya ay tumakas; at sanhi ng kapaguran dahil sa kanyang labis na pakikipaglaban siya ay naabutan at napatay. At gayon ang naging wakas ni Giddianhi, ang tulisan.
- 15 At ito ay nangyari na, na ang mga hukbo ng mga Nephita ay muling nagsibalik sa kanilang lugar ng dulugan. At ito ay nangyari na, na ang ikalabingsiyam na taong ito ay lumipas, at ang mga tulisan ay hindi na muling sumalakay pa upang makidigma; ni hindi sila muling sumalakay sa ikadalawampung taon.
- 16 At sa ikadalawampu at isang taon sila ay hindi humayo upang makidigma, subalit sila ay humayo sa lahat ng panig upang paligiran ang mga tao ni Nephi; sapagkat inakala nila na kapag inihiwalay nila ang mga tao ni Nephi mula sa kanilang mga lupain, at paliligiran sila sa bawat panig, at kung kanilang ihihiwalay sila mula sa lahat ng kanilang panlabas na pribilehiyo, na magagawa nilang pasukuin sila alinsunod sa kanilang mga naisin.
- 17 Ngayon, sila ay naghirang para sa kanilang sarili ng ibang pinuno, na nagngangalang Zemnarihas; anupa't si Zemnarihas ang nag-utos na ang pagpapaligid na ito ay isagawa.
- 18 Subalit masdan, ito ay kalamangan para sa mga Nephita; sapagkat hindi maaari para sa mga tulisan ang pumaligid nang gayong katagal upang magkaroon ng anumang bisa sa mga Nephita, dahil sa kanilang maraming pagkain na kanilang iniimbak,

And notwithstanding the threatenings and the oaths which Giddianhi had made, behold, the Nephites did beat them, insomuch that they did fall back from before them.

And it came to pass that Gidgiddoni commanded that his armies should pursue them as far as the borders of the wilderness, and that they should not spare any that should fall into their hands by the way; and thus they did pursue them and did slay them, to the borders of the wilderness, even until they had fulfilled the commandment of Gidgiddoni.

And it came to pass that Giddianhi, who had stood and fought with boldness, was pursued as he fled; and being weary because of his much fighting he was overtaken and slain. And thus was the end of Giddianhi the robber.

And it came to pass that the armies of the Nephites did return again to their place of security. And it came to pass that this nineteenth year did pass away, and the robbers did not come again to battle; neither did they come again in the twentieth year.

And in the twenty and first year they did not come up to battle, but they came up on all sides to lay siege round about the people of Nephi; for they did suppose that if they should cut off the people of Nephi from their lands, and should hem them in on every side, and if they should cut them off from all their outward privileges, that they could cause them to yield themselves up according to their wishes.

Now they had appointed unto themselves another leader, whose name was Zemnarihas; therefore it was Zemnarihas that did cause that this siege should take place.

But behold, this was an advantage to the Nephites; for it was impossible for the robbers to lay siege sufficiently long to have any effect upon the Nephites, because of their much provision which they had laid up in store,

19 At dahil sa kakulangan ng mga pagkain sa mga tulisan; sapagkat masdan, sila ay wala ni anumang bagay maliban sa karne para sa kanilang ikabubuhay, kung aling karne ay nakuha nila sa ilang;

20 At ito ay nangyari na, na ang mababangis na hayop ay naging kakaunti sa ilang hanggang sa masasawi na sana ang mga tulisan sa gutom.

21 At ang mga Nephita ay patuloy na humahayo sa araw at gabi, at sinasalakay ang mga hukbo nila, at pinapatay sila nang libu-libo at mga sampu-sampung libo.

22 At sa gayon naging hangad ng mga tao ni Zemnarihas ang umurong mula sa kanilang balak, dahil sa malaking pagkawasak na sumasapit sa kanila sa araw at gabi.

23 At ito ay nangyari na, na si Zemnarihas ay nagbigay-utos sa kanyang mga tao na iurong nila ang kanilang sarili mula sa pagkapaligid, at humayo sa mga pinakamalayong bahagi ng lupaing kahilagaan.

24 At ngayon, dahil sa nalalaman ni Gidgiddoni ang kanilang balak, at nalalaman ang kanilang kahinaan dahil sa kakulangan ng pagkain, at ang labis na pagkakatay na nagawa sa kanila, kaya nga ipinadala niya ang kanyang mga hukbo sa gabi, at hinarangan ang daan ng kanyang pag-urong, at inihimpil ang kanilang mga hukbo sa daan ng kanilang pag-urong.

25 At ito ay ginawa nila sa gabi, at nagpatuloy sa kanilang paghayo na inuunahan ang mga tulisan, kung kaya't kinabukasan, nang simulan ng mga tulisan ang kanilang paghayo, sila ay sinalubong ng mga hukbo ng mga Nephita kapwa sa kanilang harapan at sa kanilang likuran.

26 At ang mga tulisan na nasa timog ay nahadlangan din sa kanilang mga lugar ng dulugan. At ang lahat ng bagay na ito ay naganap sa utos ni Gidgiddoni.

27 At maraming libo ang nagsuko ng kanilang sarili bilang mga bihag sa mga Nephita, at ang nalalabi sa kanila ay napatay.

28 At ang kanilang pinuno, na si Zemnarihas, ay dinakip at ibinigti sa punungkahoy, oo, maging sa tuktok niyon hanggang sa siya ay mamatay. At nang kanilang ibinigti siya hanggang sa siya'y mamatay ay pinabagsak nila ang punungkahoy sa lupa, at nagsisigaw sa malakas na tinig, sinasabing:

And because of the scantiness of provisions among the robbers; for behold, they had nothing save it were meat for their subsistence, which meat they did obtain in the wilderness;

And it came to pass that the wild game became scarce in the wilderness insomuch that the robbers were about to perish with hunger.

And the Nephites were continually marching out by day and by night, and falling upon their armies, and cutting them off by thousands and by tens of thousands.

And thus it became the desire of the people of Zemnarihas to withdraw from their design, because of the great destruction which came upon them by night and by day.

And it came to pass that Zemnarihas did give command unto his people that they should withdraw themselves from the siege, and march into the furthestmost parts of the land northward.

And now, Gidgiddoni being aware of their design, and knowing of their weakness because of the want of food, and the great slaughter which had been made among them, therefore he did send out his armies in the night-time, and did cut off the way of their retreat, and did place his armies in the way of their retreat.

And this did they do in the night-time, and got on their march beyond the robbers, so that on the morrow, when the robbers began their march, they were met by the armies of the Nephites both in their front and in their rear.

And the robbers who were on the south were also cut off in their places of retreat. And all these things were done by command of Gidgiddoni.

And there were many thousands who did yield themselves up prisoners unto the Nephites, and the remainder of them were slain.

And their leader, Zemnarihas, was taken and hanged upon a tree, yea, even upon the top thereof until he was dead. And when they had hanged him until he was dead they did fell the tree to the earth, and did cry with a loud voice, saying:

- 29 Nawa'y pangalagaan ng Panginoon ang kanyang mga tao sa kabutihan at sa kabanalan ng puso, upang magawa nilang pabagsakin sa lupa ang lahat ng maghahangad na patayin sila dahil sa kapangyarihan at lihim na pakikipagsabwatan, maging tulad ng pagbagsak ng lalaking ito sa lupa.
- 30 At sila ay nagsaya at muling nagsisigaw sa iisang tinig, sinasabing: Nawa'y ipagtanggol ng Diyos ni Abraham, at ng Diyos ni Isaac, at ng Diyos ni Jacob, ang mga taong ito sa kabutihan, hangga't nananawagan sila sa pangalan ng kanilang Diyos upang mapangalagaan.
- 31 At ito ay nangyari na, na sabay-sabay silang lahat na nagsimula, sa pag-awit, at sa pagpuri sa kanilang Diyos dahil sa dakilang bagay na kanyang ginawa para sa kanila, sa pangangalaga sa kanila mula sa pagbagsak sa mga kamay ng kanilang mga kaaway.
- 32 Oo, nagsisigaw sila: Hosana sa Kataas-taasang Diyos. At sila ay nagsisigaw: Purihin ang pangalan ng Panginoong Diyos na Pinakamakapangyarihan, ang Kataas-taasang Diyos.
- 33 At ang kanilang mga puso ay nag-umapaw sa galak, hanggang sa pagtulo ng maraming luha, dahil sa dakilang kabutihan ng Diyos sa pagliligtas sa kanila mula sa mga kamay ng kanilang mga kaaway; at nalalaman nila na dahil sa kanilang pagsisisi at kanilang pagpapakumbaba kung kaya't naligtas sila mula sa walang hanggang pagkawasak.

May the Lord preserve his people in righteousness and in holiness of heart, that they may cause to be felled to the earth all who shall seek to slay them because of power and secret combinations, even as this man hath been felled to the earth.

And they did rejoice and cry again with one voice, saying: May the God of Abraham, and the God of Isaac, and the God of Jacob, protect this people in righteousness, so long as they shall call on the name of their God for protection.

And it came to pass that they did break forth, all as one, in singing, and praising their God for the great thing which he had done for them, in preserving them from falling into the hands of their enemies.

Yea, they did cry: Hosanna to the Most High God. And they did cry: Blessed be the name of the Lord God Almighty, the Most High God.

And their hearts were swollen with joy, unto the gushing out of many tears, because of the great goodness of God in delivering them out of the hands of their enemies; and they knew it was because of their repentance and their humility that they had been delivered from an everlasting destruction.



### 3 Nephi 5

- 1 At ngayon masdan, walang nabuhay na tao sa lahat ng tao ng mga Nephita na nag-alinlangan sa kaliit-liitang salita ng lahat ng banal na propeta na nagsalita; sapagkat nalalaman nila na talagang kinakailangan na ang mga ito ay matupad.
- 2 At nalalaman nila na talagang kinakailangan na si Cristo ay pumarito, dahil sa maraming palatandaang ibinigay, alinsunod sa mga salita ng mga propeta; at dahil sa mga bagay na nangyari na ay nalalaman nila na talagang kinakailangang matupad ang lahat ng bagay alinsunod sa yaong nasabi na.
- 3 Anupa't tinalikuran nila ang lahat ng kanilang kasalanan, at ang kanilang mga karumal-dumal na gawain, at kanilang mga pagpapatutot, at pinaglingkuran ang Diyos nang buong pagsusumigasig sa araw at gabi.
- 4 At ngayon ito ay nangyari na, nang madakip nila ang lahat ng tulisan bilang mga bihag, kung kaya't walang nakatakas na hindi napatay, itinaon nila ang kanilang mga bihag sa bilangguan, at pinapangyaring ipangaral ang salita ng Diyos sa kanila; at kasindami ng nagsisisi ng kanilang mga kasalanan at nakipagtipan na sila ay hindi na mamamaslang ng tao ay pinalaya.
- 5 Subalit kasindami ng hindi nakipagtipan, at nagpatuloy pa ring panatilihin ang mga lihim na pagpaslang sa kanilang mga puso, oo, kasindami ng natagpuang nagbabanta ng masama laban sa kanilang mga kapatid ay hinatulan at pinarusahan alinsunod sa batas.
- 6 At sa gayon nila winakasan ang lahat ng yaong masama, at lihim, at karumal-dumal na pakikipagsabwatan, kung saan ay labis na maraming kasamaan, at napakaraming pagpaslang ang nagawa.
- 7 At sa gayon lumipas ang ikadalawampu at dalawang taon, at ang ikadalawampu at tatlong taon din, at ang ikadalawampu at apat, at ang ikadalawampu at lima; at sa gayon lumipas ang ikadalawampu at limang taon.

### 3 Nephi 5

And now behold, there was not a living soul among all the people of the Nephites who did doubt in the least the words of all the holy prophets who had spoken; for they knew that it must needs be that they must be fulfilled.

And they knew that it must be expedient that Christ had come, because of the many signs which had been given, according to the words of the prophets; and because of the things which had come to pass already they knew that it must needs be that all things should come to pass according to that which had been spoken.

Therefore they did forsake all their sins, and their abominations, and their whoredoms, and did serve God with all diligence day and night.

And now it came to pass that when they had taken all the robbers prisoners, insomuch that none did escape who were not slain, they did cast their prisoners into prison, and did cause the word of God to be preached unto them; and as many as would repent of their sins and enter into a covenant that they would murder no more were set at liberty.

But as many as there were who did not enter into a covenant, and who did still continue to have those secret murders in their hearts, yea, as many as were found breathing out threatenings against their brethren were condemned and punished according to the law.

And thus they did put an end to all those wicked, and secret, and abominable combinations, in the which there was so much wickedness, and so many murders committed.

And thus had the twenty and second year passed away, and the twenty and third year also, and the twenty and fourth, and the twenty and fifth; and thus had twenty and five years passed away.

- 8 At maraming bagay ang nangyari, na sa paningin ng ilan, ay dakila at kagila-gilalas; gayon pa man, ang mga ito ay hindi maaaring isulat na lahat sa aklat na ito; oo, ang aklat na ito ay hindi maaaring maglaman ng kahit na ika-isandaang bahagi ng nagawa sa napakaraming tao sa loob ng dalawampu at limang taon;
- 9 Subalit masdan may mga talaang naglalaman ng lahat ng pangyayari sa mga taong ito; at isang mas maikli subalit makatotohanang ulat ang ibinigay ni Nephi.
- 10 Anupa't ginawa ko ang aking talaan ng mga bagay na ito ayon sa talaan ni Nephi, na nauukit sa mga laminang tinatawag na mga lamina ni Nephi.
- 11 At masdan, ginagawa ko ang talaan sa mga laminang aking ginawa sa pamamagitan ng sarili kong mga kamay.
- 12 At masdan, ako ay tinatawag na Mormon, na tinawag alinsunod sa lupain ng Mormon, ang lupain kung saan itinatag ni Alma ang simbahan sa mga tao, oo, ang unang simbhang itinatag sa kanila matapos ang kanilang pagkakasala.
- 13 Masdan, ako ay disipulo ni Jesucristo, ang Anak ng Diyos. Ako ay tinawag niya na ipahayag ang kanyang mga salita sa kanyang mga tao, upang magkaroon sila ng buhay na walang hanggan.
- 14 At kinakailangan na ako, alinsunod sa kalooban ng Diyos, nang ang mga panalangin ng mga yaong pumanaw na, na mga banal, ay matupad alinsunod sa kanilang pananampalataya, ay gumawa ng talaan ng mga bagay na ito na naganap—
- 15 Oo, isang maliit na talaan ng yaong naganap mula sa panahong lisanin ni Lehi ang Jerusalem, maging hanggang sa panahong kasalukuyan.
- 16 Anupa't ginagawa ko ang aking talaan mula sa mga ulat na ibinigay ng mga yaong nauna sa akin, hanggang sa pagsisimula ng aking araw;
- 17 At pagkatapos ako ay gagawa ng talaan ng mga bagay na aking nakita ng aking sariling mga mata.
- 18 At nalalaman ko na ang talaang aking ginagawa ay makatarungan at totoong talaan; gayon pa man maraming bagay ang, alinsunod sa aming wika, ay hindi namin nagawang isulat.

And there had many things transpired which, in the eyes of some, would be great and marvelous; nevertheless, they cannot all be written in this book; yea, this book cannot contain even a hundredth part of what was done among so many people in the space of twenty and five years;

But behold there are records which do contain all the proceedings of this people; and a shorter but true account was given by Nephi.

Therefore I have made my record of these things according to the record of Nephi, which was engraven on the plates which were called the plates of Nephi.

And behold, I do make the record on plates which I have made with mine own hands.

And behold, I am called Mormon, being called after the land of Mormon, the land in which Alma did establish the church among the people, yea, the first church which was established among them after their transgression.

Behold, I am a disciple of Jesus Christ, the Son of God. I have been called of him to declare his word among his people, that they might have everlasting life.

And it hath become expedient that I, according to the will of God, that the prayers of those who have gone hence, who were the holy ones, should be fulfilled according to their faith, should make a record of these things which have been done—

Yea, a small record of that which hath taken place from the time that Lehi left Jerusalem, even down until the present time.

Therefore I do make my record from the accounts which have been given by those who were before me, until the commencement of my day;

And then I do make a record of the things which I have seen with mine own eyes.

And I know the record which I make to be a just and a true record; nevertheless there are many things which, according to our language, we are not able to write.

- 19 At ngayon tinatapos ko ang aking sinasabi, na tungkol sa aking sarili, at magpapatuloy na magbigay ng aking ulat ng mga bagay na nangyari na bago pa sa akin.
- 20 Ako si Mormon, at tunay na inapo ni Lehi. May dahilan ako na purihin ang aking Diyos at aking Tagapagligtas na si Jesucristo, na dinala niya ang aming mga ama palabas ng lupain ng Jerusalem, (at walang nakaalam nito maliban sa kanyang sarili at ang mga yaong inilabas niya mula sa lupaing yaon) at kanyang binigyan ako at ang aking mga tao ng labis na kaalaman tungo sa kaligtasan ng aming mga kaluluwa.
- 21 Tunay na pinagpala niya ang sambahayan ni Jacob, at naging maawain sa mga binhi ni Jose.
- 22 At habang sinusunod ng mga anak ni Lehi ang kanyang mga kautusan ay kanyang pinagpala sila at pinaunlad sila alinsunod sa kanyang mga salita.
- 23 Oo, at tunay na muli siyang magdadala ng labi ng mga binhi ni Jose sa kaalaman ng Panginoon nilang Diyos.
- 24 At tunay na yamang buhay ang Panginoon, ay titipunin niya mula sa apat na sulok ng mundo ang lahat ng labi ng mga binhi ni Jacob, na nakakalat sa balat ng lupa.
- 25 At tulad nang pakikipagtipan niya sa buong sambahayan ni Jacob, gayon din ang tipang ipinakipagtipan niya sa sambahayan ni Jacob ay matutupad sa kanyang sariling takdang panahon, tungo sa pagpapanumbalik ng buong sambahayan ni Jacob sa kaalaman ng tipang ipinakipagtipan niya sa kanila.
- 26 At doon nila makikilala ang kanilang Manunubos, na si Jesucristo, ang Anak ng Diyos; at doon sila titipunin mula sa apat na sulok ng mundo sa kanilang sariling mga lupain, kung saan sila ikinalat; oo, yamang buhay ang Panginoon ay gayon nga ito. Amen.

And now I make an end of my saying, which is of myself, and proceed to give my account of the things which have been before me.

I am Mormon, and a pure descendant of Lehi. I have reason to bless my God and my Savior Jesus Christ, that he brought our fathers out of the land of Jerusalem, (and no one knew it save it were himself and those whom he brought out of that land) and that he hath given me and my people so much knowledge unto the salvation of our souls.

Surely he hath blessed the house of Jacob, and hath been merciful unto the seed of Joseph.

And insomuch as the children of Lehi have kept his commandments he hath blessed them and prospered them according to his word.

Yea, and surely shall he again bring a remnant of the seed of Joseph to the knowledge of the Lord their God.

And as surely as the Lord liveth, will he gather in from the four quarters of the earth all the remnant of the seed of Jacob, who are scattered abroad upon all the face of the earth.

And as he hath covenanted with all the house of Jacob, even so shall the covenant wherewith he hath covenanted with the house of Jacob be fulfilled in his own due time, unto the restoring all the house of Jacob unto the knowledge of the covenant that he hath covenanted with them.

And then shall they know their Redeemer, who is Jesus Christ, the Son of God; and then shall they be gathered in from the four quarters of the earth unto their own lands, from whence they have been dispersed; yea, as the Lord liveth so shall it be. Amen.

### 3 Nephi 6

- 1 At ito ay nangyari na, na ang mga tao ng mga Nephita ay nagsibalik na lahat sa kanilang sariling mga lupain sa ikadalawampu at anim na taon, bawat lalaki, kasama ang kanyang mag-anak, kanyang mga tupahan at kanyang mga bakahan, kanyang mga kabayo at kanyang mga baka, at lahat ng bagay na pag-aari nila.
- 2 At ito ay nangyari na, na hindi nila naubos ang lahat ng kanilang pagkain; kaya nga dinala nila ang lahat ng hindi nila nakain, ang lahat ng kanilang butil ng bawat uri, at kanilang ginto, at kanilang pilak, at lahat ng kanilang mahalagang bagay, at sila ay bumalik sa kanilang sariling mga lupain at kanilang mga pag-aari, kapwa sa hilaga at sa timog, kapwa sa lupaing kahilagaan at sa lupaing katimugan.
- 3 At pinagkalooban nila ang mga tulisang yaon na mga nakipagtipan na pananatilihin ang kapayapaan ng lupain, na nagnanais na manatiling mga Lamanita, ng mga lupain, alinsunod sa kanilang bilang, upang sila ay magkaroon, sa pamamagitan ng kanilang mga pagpapagal, nang kanilang ikabubuhay; at sa gayon nila naitatag ang kapayapaan sa buong lupain.
- 4 At muli silang nagsimulang umunlad at maging makapangyarihan; at ang ikadalawampu at anim at pitong taon ay lumipas, at nagkaroon ng malawakang kaayusan sa lupain; at binuo nila ang kanilang mga batas alinsunod sa pagkakapantay-pantay at katarungan.
- 5 At ngayon walang anumang bagay sa buong lupain ang makapipigil sa mga tao mula sa patuloy na pag-unlad, maliban kung mahuhulog sila sa paglabag.
- 6 At ngayon, si Gidgiddoni, at ang hukom na si Lachoneo, at yaong mga naatasang maging pinuno, ang mga nagtatag ng malawakang kapayapaang ito sa lupain.
- 7 At ito ay nangyari na, na maraming lunsod ang itinayong muli, at maraming lumang lunsod ang inayos.

### 3 Nephi 6

And now it came to pass that the people of the Nephites did all return to their own lands in the twenty and sixth year, every man, with his family, his flocks and his herds, his horses and his cattle, and all things whatsoever did belong unto them.

And it came to pass that they had not eaten up all their provisions; therefore they did take with them all that they had not devoured, of all their grain of every kind, and their gold, and their silver, and all their precious things, and they did return to their own lands and their possessions, both on the north and on the south, both on the land northward and on the land southward.

And they granted unto those robbers who had entered into a covenant to keep the peace of the land, who were desirous to remain Lamanites, lands, according to their numbers, that they might have, with their labors, wherewith to subsist upon; and thus they did establish peace in all the land.

And they began again to prosper and to wax great; and the twenty and sixth and seventh years passed away, and there was great order in the land; and they had formed their laws according to equity and justice.

And now there was nothing in all the land to hinder the people from prospering continually, except they should fall into transgression.

And now it was Gidgiddoni, and the judge, Lachoneus, and those who had been appointed leaders, who had established this great peace in the land.

And it came to pass that there were many cities built anew, and there were many old cities repaired.

- 8 At maraming lansangang-bayan ang itinayo, at maraming daan ang ginawa, na nag-uugnay nang lunsod sa lunsod, at lupain sa lupain, at lugar sa lugar.
- 9 At sa gayon lumipas ang ikadalawampu at walong taon, at ang mga tao ay nagkaroon ng patuloy na kapayapaan.
- 10 Subalit ito ay nangyari na, na sa ikadalawampu at siyam na taon ay nagsimulang magkaroon ng ilang pagtatalu-talo sa mga tao; at ang ilan ay iniangat sa kapalaluan at mga pagmamalaki dahil sa labis-labis nilang kayamanan, oo, maging hanggang sa masidhing pag-uusig;
- 11 Sapagkat marami ang mangangalakal sa lupain, at marami ring manananggol, at maraming pinuno.
- 12 At ang mga tao ay nagsimulang makilala sa pamamagitan ng mga katayuan sa buhay, alinsunod sa kanilang yaman at kanilang mga pagkakataon sa karunungan; oo, ang iba ay mangmang dahil sa kanilang kahirapan, at ang iba ay nakatanggap ng malawak na karunungan dahil sa kanilang kayamanan.
- 13 Ang ilan ay iniangat sa kapalaluan, at ang iba ay labis ang pagkamababang-loob; ang iba ay nagdadaingan, habang ang iba ay tumatanggap ng daing at pag-uusig at lahat ng uri ng paghihirap, at hindi gaganti at muling hahamak pa, kundi naging mapagkumbaba at nagsisisi sa harapan ng Diyos.
- 14 At sa gayon nagkaroon ng malawakang di pagkakapantay-pantay sa buong lupain, hanggang sa nagsimulang mahati ang simbahan; oo, hanggang sa nang sumapit ang ikatatumpung taon ay nahati ang simbahan sa buong lupain maliban sa ilan-ilan sa mga Lamanita na nagbalik-loob sa totoong pananampalataya; at ayaw nilang iwanan ito, sapagkat sila ay matitibay, at matatatag, at di matitinag, bukal sa loob nang may buong pagsusumigasig sa pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon.

And there were many highways cast up, and many roads made, which led from city to city, and from land to land, and from place to place.

And thus passed away the twenty and eighth year, and the people had continual peace.

But it came to pass in the twenty and ninth year there began to be some disputings among the people; and some were lifted up unto pride and boastings because of their exceedingly great riches, yea, even unto great persecutions;

For there were many merchants in the land, and also many lawyers, and many officers.

And the people began to be distinguished by ranks, according to their riches and their chances for learning; yea, some were ignorant because of their poverty, and others did receive great learning because of their riches.

Some were lifted up in pride, and others were exceedingly humble; some did return railing for railing, while others would receive railing and persecution and all manner of afflictions, and would not turn and revile again, but were humble and penitent before God.

And thus there became a great inequality in all the land, insomuch that the church began to be broken up; yea, insomuch that in the thirtieth year the church was broken up in all the land save it were among a few of the Lamanites who were converted unto the true faith; and they would not depart from it, for they were firm, and steadfast, and immovable, willing with all diligence to keep the commandments of the Lord.

15 Ngayon, ang dahilan ng kasamaang ito ng mga tao ay ito—Si Satanas ay may malakas na kapangyarihan, sa pag-uudyok sa mga tao na gumawa ng lahat ng uri ng kasamaan, at sa pag-aangat sa kanila sa kapalaluan, tinutukso sila na maghangad ng kapangyarihan, at karapatan, at mga kayamanan, at ng mga walang kabuluhang bagay ng daigdig.

16 At sa gayon inakay palayo ni Satanas ang mga puso ng mga tao na gumawa ng lahat ng uri ng kasamaan; kaya nga, sila ay nakatamasa ng kapayapaan sa loob ng iilang taon.

17 At sa gayon, sa pagsisimula ng ikatatlumpung taon—ang mga tao, matapos hayaang matangay sa loob ng mahabang panahon ng mga tukso ng diyablo kung saan niya nais na dalhin sila, at gawin ang anumang kasamaang nais niyang gawin nila—at sa gayon sa pagsisimula nito, ang ikatatlumpung taon, sila ay nasa kalagayan ng kakila-kilabot na kasamaan.

18 Ngayon sila ay hindi nagkasala sa kamangmangan, sapagkat nalalaman nila ang kalooban ng Diyos hinggil sa kanila, sapagkat ito ay naituro sa kanila; anupa't sila ay hayagang naghimagsik laban sa Diyos.

19 At ngayon, ito ay sa mga araw ni Laconeo, na anak na lalaki ni Laconeo, sapagkat si Laconeo ang humalili sa luklukan ng kanyang ama at pinamahalaan ang mga tao sa taong yaon.

20 At nagsimulang magkaroon ng mga taong kinakasihan mula sa langit at isinugo, tumatayo sa mga tao sa buong lupain, nangangaral at pinatototohanan nang buong tapang ang mga kasalanan at kasamaan ng mga tao, at pinatototohanan sa kanila ang hinggil sa pagtubos na gagawin ng Panginoon para sa kanyang mga tao, o sa ibang salita, ang pagkabuhay na mag-uli ni Cristo; at buong tapang na pinatototohanan nila ang kanyang kamatayan at mga pagdurusa.

21 Ngayon marami sa mga tao ang labis na nagalit dahil sa mga yaong nagpapatotoo sa mga bagay na ito; at ang mga yaong nagagalit ay karamihang mga punong hukom, at sila na naging matataas na saserdote at mga manananggol; oo, ang lahat ng yaong manananggol ay nagalit sa mga yaong nagpapatotoo sa mga bagay na ito.

Now the cause of this iniquity of the people was this—Satan had great power, unto the stirring up of the people to do all manner of iniquity, and to the puffing them up with pride, tempting them to seek for power, and authority, and riches, and the vain things of the world.

And thus Satan did lead away the hearts of the people to do all manner of iniquity; therefore they had enjoyed peace but a few years.

And thus, in the commencement of the thirtieth year—the people having been delivered up for the space of a long time to be carried about by the temptations of the devil whithersoever he desired to carry them, and to do whatsoever iniquity he desired they should—and thus in the commencement of this, the thirtieth year, they were in a state of awful wickedness.

Now they did not sin ignorantly, for they knew the will of God concerning them, for it had been taught unto them; therefore they did wilfully rebel against God.

And now it was in the days of Lachoneus, the son of Lachoneus, for Lachoneus did fill the seat of his father and did govern the people that year.

And there began to be men inspired from heaven and sent forth, standing among the people in all the land, preaching and testifying boldly of the sins and iniquities of the people, and testifying unto them concerning the redemption which the Lord would make for his people, or in other words, the resurrection of Christ; and they did testify boldly of his death and sufferings.

Now there were many of the people who were exceedingly angry because of those who testified of these things; and those who were angry were chiefly the chief judges, and they who had been high priests and lawyers; yea, all those who were lawyers were angry with those who testified of these things.

- 22 Ngayon walang manananggol ni hukom o mataas na saserdote man ang may kapangyarihang hatulan ang sinuman ng kamatayan maliban kung ang kanilang pagkakahatol ay nilagdaan ng gobernador ng lupain.
- 23 Ngayon marami sa mga yaong nagpatotoo ng mga bagay hinggil kay Cristo na nagpatotoo nang buong tapang, ang dinakip at ipinapatay nang lihim ng mga hukom, kung kaya't ang kaalaman ng kanilang kamatayan ay hindi nakarating sa gobernador ng lupain hanggang sa kanilang kamatayan.
- 24 Ngayon masdan, ito ay salungat sa mga batas ng lupain, na ang sinumang tao ay patayin maliban kung sila ay may kapangyarihan mula sa gobernador ng lupain—
- 25 Kaya nga isang karaingan ang idinulog sa lupain ng Zarahemla, sa gobernador ng lupain, laban sa mga hukom na ito na humatol ng kamatayan sa mga propeta ng Panginoon, nang hindi naalinsunod sa batas.
- 26 Ngayon ito ay nangyari na, na sila ay dinakip at dinala sa harapan ng hukom, upang hatulan sa mabibigat na pagkakasalang kanilang nagawa, alinsunod sa batas na ibinigay ng mga tao.
- 27 Ngayon ito ay nangyari na, na ang mga hukom na yaon ay maraming kaibigan at kaanak; at ang nalalabi, oo, maging halos lahat ng manananggol at matataas na saserdote, ay sama-samang tinipon ang kanilang sarili, at nakiisa sa mga kaanak ng mga hukom na yaon na hahatulan alinsunod sa batas.
- 28 At sila ay nakipagtipan sa isa't isa, oo, maging sa yaong tipan na ibinigay nila noong sinauna, kung aling tipan ay ibinigay at pinamahalaan ng diyablo, na magkaisa laban sa lahat ng kabutihan.
- 29 Anupa't sila ay nagkaisa laban sa mga tao ng Panginoon, at nakipagtipang lipulin sila, at palayain ang mga yaong nagkasala ng pagpaslang mula sa pagkakagapos ng katarungan, na ipapataw na sana alinsunod sa batas.
- 30 At nilabag nila ang batas at mga karapatan ng kanilang bayan; at nakipagtipan sila sa isa't isa na patayin ang gobernador, at magluklok ng isang hari sa lupain, upang ang lupain ay hindi na maging malaya kundi mapapasailalim sa mga hari.

Now there was no lawyer nor judge nor high priest that could have power to condemn any one to death save their condemnation was signed by the governor of the land.

Now there were many of those who testified of the things pertaining to Christ who testified boldly, who were taken and put to death secretly by the judges, that the knowledge of their death came not unto the governor of the land until after their death.

Now behold, this was contrary to the laws of the land, that any man should be put to death except they had power from the governor of the land—

Therefore a complaint came up unto the land of Zarahemla, to the governor of the land, against these judges who had condemned the prophets of the Lord unto death, not according to the law.

Now it came to pass that they were taken and brought up before the judge, to be judged of the crime which they had done, according to the law which had been given by the people.

Now it came to pass that those judges had many friends and kindreds; and the remainder, yea, even almost all the lawyers and the high priests, did gather themselves together, and unite with the kindreds of those judges who were to be tried according to the law.

And they did enter into a covenant one with another, yea, even into that covenant which was given by them of old, which covenant was given and administered by the devil, to combine against all righteousness.

Therefore they did combine against the people of the Lord, and enter into a covenant to destroy them, and to deliver those who were guilty of murder from the grasp of justice, which was about to be administered according to the law.

And they did set at defiance the law and the rights of their country; and they did covenant one with another to destroy the governor, and to establish a king over the land, that the land should no more be at liberty but should be subject unto kings.

### 3 Nephi 7

- 1 Ngayon masdan, ipakikita ko sa inyo na hindi sila nakapagluklok ng hari sa lupain; subalit sa taon ding ito, oo, sa ikatatlumpung taon, sila ay pumatay sa hukumang-luklukan, oo, pinaslang ang punong hukom ng lupain.
- 2 At ang mga tao ay nahati laban sa isa't isa; at naghiwa-hiwalay sila sa isa't isa sa mga lipi, ang bawat lalaki alinsunod sa kanyang mag-anak at kanyang mga kaanak at kaibigan; at sa gayon nila nawasak ang pamahalaan ng lupain.
- 3 At ang bawat lipi ay naghirang ng isang puno o isang pinuno sa kanila; at sa gayon sila naging mga lipi at mga pinuno ng mga lipi.
- 4 Ngayon masdan, walang sinuman sa kanila maliban kung marami siyang mag-anak at maraming kaanak at kaibigan; kaya nga, ang kanilang mga lipi ay naging napakalaki.
- 5 Ngayon, ang lahat ng ito ay naganap, at wala pang mga digmaan sa kanila; at ang lahat ng kasamaang ito ay sumapit sa mga tao dahil sa sila ay nagpasailalim sa kapangyarihan ni Satanas.
- 6 At ang mga pamamalakad ng pamahalaan ay nawasak, dahil sa lihim na pakikipagsabwatan ng mga kaibigan at kaanak ng mga yaong pumaslang sa mga propeta.
- 7 At sila ay naging dahilan ng malaking alitan sa lupain, hanggang sa ang higit na mabubuting bahagi ng mga tao ay halos malapit nang maging masamang lahat; oo, may iilang mabubuting tao sa kanila.
- 8 At sa gayon hindi pa nakalilipas ang anim na taon mula nang ang nakahihigit na bahagi ng mga tao ay tumalikod mula sa kanilang kabutihan, tulad ng aso sa kanyang suka, o tulad ng baboy sa kanyang paglulublob sa putik.
- 9 Ngayon, ang mga lihim na nakipagsabwatang ito, na nagdala ng labis na kasamaan sa mga tao, ay magkakasamang tinipon ang kanilang sarili, at naghirang ng isang pinuno sa kanila na isang lalaking tinawag nilang Jacob;
- 10 At siya ay tinawag nilang kanilang hari; anupa't siya ay naging hari sa masamang pangkat na ito; at isa siya sa mga pinakakilalang nagpahayag ng kanyang tinig laban sa mga propeta na nagpatotoo kay Jesus.

### 3 Nephi 7

Now behold, I will show unto you that they did not establish a king over the land; but in this same year, yea, the thirtieth year, they did destroy upon the judgment-seat, yea, did murder the chief judge of the land.

And the people were divided one against another; and they did separate one from another into tribes, every man according to his family and his kindred and friends; and thus they did destroy the government of the land.

And every tribe did appoint a chief or a leader over them; and thus they became tribes and leaders of tribes.

Now behold, there was no man among them save he had much family and many kindreds and friends; therefore their tribes became exceedingly great.

Now all this was done, and there were no wars as yet among them; and all this iniquity had come upon the people because they did yield themselves unto the power of Satan.

And the regulations of the government were destroyed, because of the secret combination of the friends and kindreds of those who murdered the prophets.

And they did cause a great contention in the land, insomuch that the more righteous part of the people had nearly all become wicked; yea, there were but few righteous men among them.

And thus six years had not passed away since the more part of the people had turned from their righteousness, like the dog to his vomit, or like the sow to her wallowing in the mire.

Now this secret combination, which had brought so great iniquity upon the people, did gather themselves together, and did place at their head a man whom they did call Jacob;

And they did call him their king; therefore he became a king over this wicked band; and he was one of the chiefest who had given his voice against the prophets who testified of Jesus.



- 11 At ito ay nangyari na, na hindi sila nakararami sa bilang tulad ng mga lipi ng mga tao na nagkakaisa maliban sa ang kanilang mga pinuno ang nagpapatupad ng kanilang mga batas, ang bawat isa alinsunod sa kanyang lipi; gayon pa man, sila ay magkakaaway; sa kabila ng hindi sila mabubuting tao, gayon man nagkakaisa sila sa pagkapoot sa mga yaong nakipagtipang wasakin ang pamahalaan.
- 12 Samakatwid, si Jacob na nakikitang higit na nakararami ang kanilang mga kaaway kaysa sa kanila, siya bilang hari ng pangkat, kaya nga inutusan niya ang kanyang mga tao na tumakas sila patungo sa pinakahilagang bahagi ng lupain, at doon magtayo sa kanilang sarili ng isang kaharian, hanggang sa umanib sa kanila ang mga tumiwalag, (sapagkat kanyang nilinlang sila na magkakaroon ng maraming magsisitiwalag) at magiging sapat ang kanilang lakas upang makipaglaban sa mga lipi ng mga tao; at ginawa nga nila ito.
- 13 At napakabilis ng kanilang paghayo kung kaya't hindi ito nahadlangan kung kaya nga't hindi na sila naabutan pa ng mga tao. At sa gayon nagtapos ang ikatatlumpung taon; at gayon ang mga pangyayari sa mga tao ni Nephi.
- 14 At ito ay nangyari na, na sa ikatatlumpu at isang taon na sila ay nahati sa mga lipi, ang bawat lalaki alinsunod sa kanyang mag-anak, kaanak at mga kaibigan; gayon pa man, sila ay nagkasundo na hindi sila makikidigma sa isa't isa; subalit hindi sila nagkakaisa sa kanilang mga batas, at sa kanilang uri ng pamahalaan, sapagkat ang mga ito ay pinagtibay alinsunod sa pag-iisip ng yaong kanilang mga puno at kanilang mga pinuno. Subalit sila ay nagpatupad ng napakahihigpit na batas na ang isang lipi ay hindi magkakasala laban sa iba, kaya nga't nagkaroon sila ng kaunting kapayapaan sa lupain; gayon pa man, ang kanilang mga puso ay tumalikod mula sa Panginoon nilang Diyos, at pinagbabato nila ang mga propeta at itinaboy sila mula sa kanila.

And it came to pass that they were not so strong in number as the tribes of the people, who were united together save it were their leaders did establish their laws, every one according to his tribe; nevertheless they were enemies; notwithstanding they were not a righteous people, yet they were united in the hatred of those who had entered into a covenant to destroy the government.

Therefore, Jacob seeing that their enemies were more numerous than they, he being the king of the band, therefore he commanded his people that they should take their flight into the northernmost part of the land, and there build up unto themselves a kingdom, until they were joined by dissenters, (for he flattered them that there would be many dissenters) and they become sufficiently strong to contend with the tribes of the people; and they did so.

And so speedy was their march that it could not be impeded until they had gone forth out of the reach of the people. And thus ended the thirtieth year; and thus were the affairs of the people of Nephi.

And it came to pass in the thirty and first year that they were divided into tribes, every man according to his family, kindred and friends; nevertheless they had come to an agreement that they would not go to war one with another; but they were not united as to their laws, and their manner of government, for they were established according to the minds of those who were their chiefs and their leaders. But they did establish very strict laws that one tribe should not trespass against another, insomuch that in some degree they had peace in the land; nevertheless, their hearts were turned from the Lord their God, and they did stone the prophets and did cast them out from among them.

15 At ito ay nangyari na, na si Nephi—na dinadalaw ng mga anghel at gayon din ng tinig ng Panginoon, kaya nga dahil sa nakakita ng mga anghel, at naging saksi, at may kapangyarihang ipinagkaloob sa kanya na malaman niya ang hinggil sa ministeryo ni Cristo, at saksi rin sa kanilang mabilis na pagbalik mula sa kabutihan sa kanilang kasamaan at mga karumal-dumal na gawain;

16 Samakatwid, dahil sa pagdadalamhati sanhi ng katigasan ng kanilang mga puso at pagkabulag ng kanilang mga pag-iisip—ay humayo sa kanila sa taon ding yaon, at nagsimulang magpatotoo, nang buong tapang, ng pagsisisi at kapatawaran ng mga kasalanan sa pamamagitan ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo.

17 At siya ay nangaral ng maraming bagay sa kanila; at lahat ng ito ay hindi maaaring isulat, at ang isang bahagi ng mga ito ay hindi makasasapat, kaya nga, ang mga ito ay hindi nasusulat sa aklat na ito. At si Nephi ay nangaral nang may kapangyarihan at dakilang karapatan.

18 At ito ay nangyari na, na sila ay nagalit sa kanya, maging dahil sa nakahihigit ang kanyang kapangyarihan kaysa sa kanila, sapagkat hindi maaaring hindi nila paniwalaan ang kanyang mga salita, sapagkat napakalaki ng kanyang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo na naglilingkod ang mga anghel sa kanya sa araw-araw.

19 At sa pangalan ni Jesus siya ay nagpapalayas ng mga diyablo at masasamang espiritu; at maging ang kanyang kapatid na lalaki ay binuhay niya mula sa pagkamatay, matapos siyang pagbabatuhin at nagdanas ng kamatayan sa mga tao.

20 At nakita ito ng mga tao, at nakasaksi rito, at nagalit sa kanya dahil sa kanyang kapangyarihan; at gumawa rin siya ng marami pang mga himala, sa paningin ng mga tao, sa pangalan ni Jesus.

21 At ito ay nangyari na, na lumipas ang ikatatlumpu at isang taon, at kakaunti lamang ang nagbalik-loob sa Panginoon; subalit kasindami ng nagbalik-loob ay tunay na ipinakita sa mga tao na sila ay dinalaw ng kapangyarihan at Espiritu ng Diyos, na na kay Jesucristo, kung kanino sila ay naniniwala.

And it came to pass that Nephi—having been visited by angels and also the voice of the Lord, therefore having seen angels, and being eye-witness, and having had power given unto him that he might know concerning the ministry of Christ, and also being eye-witness to their quick return from righteousness unto their wickedness and abominations;

Therefore, being grieved for the hardness of their hearts and the blindness of their minds—went forth among them in that same year, and began to testify, boldly, repentance and remission of sins through faith on the Lord Jesus Christ.

And he did minister many things unto them; and all of them cannot be written, and a part of them would not suffice, therefore they are not written in this book. And Nephi did minister with power and with great authority.

And it came to pass that they were angry with him, even because he had greater power than they, for it were not possible that they could disbelieve his words, for so great was his faith on the Lord Jesus Christ that angels did minister unto him daily.

And in the name of Jesus did he cast out devils and unclean spirits; and even his brother did he raise from the dead, after he had been stoned and suffered death by the people.

And the people saw it, and did witness of it, and were angry with him because of his power; and he did also do many more miracles, in the sight of the people, in the name of Jesus.

And it came to pass that the thirty and first year did pass away, and there were but few who were converted unto the Lord; but as many as were converted did truly signify unto the people that they had been visited by the power and Spirit of God, which was in Jesus Christ, in whom they believed.

- 22 At kasindami ng may mga diyablong napalayas mula sa kanila, at napagaling mula sa kanilang mga karamdaman at kanilang mga sakit, ay tunay na nagpahayag sa mga tao na sila ay binunsuran ng Espiritu ng Diyos, at mga napagaling; at nagpakita rin sila ng mga palatandaan at gumawa ng ilang himala sa mga tao.
- 23 Sa gayon din lumipas ang ikatatlumpu at dalawang taon. At si Nephi ay nangaral sa mga tao sa pagsisimula ng ikatatlumpu at tatlong taon; at siya ay nangaral sa kanila ng pagsisisi at kapatawaran ng mga kasalanan.
- 24 Ngayon nais kong tandaan din ninyo, na walang sinumang nagsisi ang hindi nabinyagan sa tubig.
- 25 Anupa't may mga inordenan si Nephi na mga lalaki sa ministryong ito, upang ang lahat ng yaong lalapit sa kanila ay mabinyagan sa tubig, at ito ay bilang saksi at patotoo sa harapan ng Diyos, at sa mga tao, na sila ay nagsipagsisi at nakatanggap ng kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.
- 26 At marami sa pagsisimula ng taong ito ang nabinyagan tungo sa pagsisisi; at sa gayon lumipas ang malaking bahagi ng taon.

And as many as had devils cast out from them, and were healed of their sicknesses and their infirmities, did truly manifest unto the people that they had been wrought upon by the Spirit of God, and had been healed; and they did show forth signs also and did do some miracles among the people.

Thus passed away the thirty and second year also. And Nephi did cry unto the people in the commencement of the thirty and third year; and he did preach unto them repentance and remission of sins.

Now I would have you to remember also, that there were none who were brought unto repentance who were not baptized with water.

Therefore, there were ordained of Nephi, men unto this ministry, that all such as should come unto them should be baptized with water, and this as a witness and a testimony before God, and unto the people, that they had repented and received a remission of their sins.

And there were many in the commencement of this year that were baptized unto repentance; and thus the more part of the year did pass away.

### 3 Nephi 8

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, na sang-ayon sa aming talaan, at alam namin na ang aming talaan ay totoo, sapagkat masdan, isang matwid na tao ang nag-ingat ng talaan—sapagkat tunay na siya ay gumawa ng maraming himala sa pangalan ni Jesus; at walang sinumang tao ang makagagawa ng himala sa pangalan ni Jesus maliban kung siya ay malinis sa bawat kaliit-liitang kasamaan niya—
- 2 At ngayon ito ay nangyari na, na kung walang nagawang pagkakamali ang taong ito sa pagbilang ng aming panahon, ang ikatatlumpu at tatlong taon ay nakalipas na;
- 3 At ang mga tao ay nagsimulang umasa nang buong taimtim sa mga palatandaang ibinigay ng propetang si Samuel, ang Lamanita, oo, sa panahong magkakaroon ng kadiliman sa loob ng tatlong araw sa ibabaw ng lupain.
- 4 At nagsimulang magkaroon ng malaking pag-aalinlangan at pagtatalo sa mga tao, sa kabila ng maraming palatandaang naibigay na.
- 5 At ito ay nangyari na, na sa ikatatlumpu at apat na taon, sa unang buwan, sa ikaapat na araw ng buwan, ay nagkaroon ng isang malakas na bagyo, na hindi pa kailanman naranasan sa buong lupain.
- 6 At nagkaroon din ng isang malakas at kakila-kilabot na unos; at nagkaroon ng kakila-kilabot na kulog, kung kaya nga't niyanig nito ang buong lupa na parang ito ay mabibiyak.
- 7 At nagkaroon ng lubhang matatalim na kidlat, na hindi pa kailanman nakita sa buong lupain.
- 8 At ang lunsod ng Zarahemla ay nag-apoy.
- 9 At ang lunsod ng Moroni ay lumubog sa kailaliman ng dagat, at ang mga naninirahan doon ay nangalunod.
- 10 At ang lupa sa lunsod ng Moronihah ay tumaas, kung kaya't sa kinalalagyan ng lunsod ay nagkaroon ng isang malaking bundok.
- 11 At nagkaroon ng isang malaki at kakila-kilabot na pagkawasak sa lupaing patimog.

### 3 Nephi 8

And now it came to pass that according to our record, and we know our record to be true, for behold, it was a just man who did keep the record—for he truly did many miracles in the name of Jesus; and there was not any man who could do a miracle in the name of Jesus save he were cleansed every whit from his iniquity—

And now it came to pass, if there was no mistake made by this man in the reckoning of our time, the thirty and third year had passed away;

And the people began to look with great earnestness for the sign which had been given by the prophet Samuel, the Lamanite, yea, for the time that there should be darkness for the space of three days over the face of the land.

And there began to be great doubtings and disputations among the people, notwithstanding so many signs had been given.

And it came to pass in the thirty and fourth year, in the first month, on the fourth day of the month, there arose a great storm, such an one as never had been known in all the land.

And there was also a great and terrible tempest; and there was terrible thunder, insomuch that it did shake the whole earth as if it was about to divide asunder.

And there were exceedingly sharp lightnings, such as never had been known in all the land.

And the city of Zarahemla did take fire.

And the city of Moroni did sink into the depths of the sea, and the inhabitants thereof were drowned.

And the earth was carried up upon the city of Moronihah, that in the place of the city there became a great mountain.

And there was a great and terrible destruction in the land southward.

- 12 Subalit masdan, mayroon pang higit na malaki at kakila-kilabot na pagkawasak sa lupaing pahilaga; sapagkat masdan, ang ibabaw ng buong lupain ay nabago, dahil sa unos at mga buhawi, at mga pagkulong at pagkidlat, at sa labis na lakas ng pagyanig ng buong lupa;
- 13 At ang mga lansangang-bayan ay nangawasak, at ang mga pantay na daan ay nasira, at maraming patag na lugar ang naging baku-bako.
- 14 At maraming malaki at kilalang lunsod ang lumubog, at marami ang nasunog, at marami ang nayanig hanggang sa ang mga gusali roon ay bumagsak sa lupa, at ang mga naninirahan doon ay nangamatay, at ang mga pook ay naiwang mapanglaw.
- 15 At may mga lunsod na natira; subalit ang kapinsalaan niyon ay lubhang malaki, at marami sa mga naroon ang nangamatay.
- 16 At may ilang tinangay ng buhawi; at kung saan man sila naparoon ay walang taong nakaalam, maliban sa alam nila na sila ay tinangay.
- 17 At sa gayon ang ibabaw ng buong lupain ay naiba ang hugis, dahil sa mga unos, at sa mga pagkulong, at sa mga pagkidlat, at sa pagyanig ng lupa.
- 18 At masdan, ang mga bato ay nahati sa dalawa; ang mga yaon ay nangabiyak sa ibabaw ng buong lupain, kung kaya ang mga yaon ay natagpuang pira-piraso, at mga bitak at mga putok, sa ibabaw ng buong lupain.
- 19 At ito ay nangyari na, nang ang mga pagkulong, at ang mga pagkidlat, at ang bagyo, at ang unos, at ang mga pagyanig ng lupa ay tumigil—sapagkat masdan, ang mga ito ay tumagal sa loob ng mga tatlong oras; at ang wika ng ilan ang oras ay higit pa roon; gayunman, lahat ng kasindak-sindak at kakila-kilabot na bagay na ito ay naganap sa loob ng mga tatlong oras—at pagkatapos masdan, nagkaroon ng kadiliman sa ibabaw ng lupain.
- 20 At ito ay nangyari na, na nagkaroon ng makapal na kadiliman sa ibabaw ng buong lupain, kung kaya't ang mga naninirahan doon na hindi napabagsak ay nadama ang ulap ng kadiliman;

But behold, there was a more great and terrible destruction in the land northward; for behold, the whole face of the land was changed, because of the tempest and the whirlwinds, and the thunderings and the lightnings, and the exceedingly great quaking of the whole earth;

And the highways were broken up, and the level roads were spoiled, and many smooth places became rough.

And many great and notable cities were sunk, and many were burned, and many were shaken till the buildings thereof had fallen to the earth, and the inhabitants thereof were slain, and the places were left desolate.

And there were some cities which remained; but the damage thereof was exceedingly great, and there were many in them who were slain.

And there were some who were carried away in the whirlwind; and whither they went no man knoweth, save they know that they were carried away.

And thus the face of the whole earth became deformed, because of the tempests, and the thunderings, and the lightnings, and the quaking of the earth.

And behold, the rocks were rent in twain; they were broken up upon the face of the whole earth, insomuch that they were found in broken fragments, and in seams and in cracks, upon all the face of the land.

And it came to pass that when the thunderings, and the lightnings, and the storm, and the tempest, and the quakings of the earth did cease—for behold, they did last for about the space of three hours; and it was said by some that the time was greater; nevertheless, all these great and terrible things were done in about the space of three hours—and then behold, there was darkness upon the face of the land.

And it came to pass that there was thick darkness upon all the face of the land, insomuch that the inhabitants thereof who had not fallen could feel the vapor of darkness;

- 21 At hindi maaaring magkaroon ng liwanag, dahil sa kadiliman, ni mga kandila, ni mga sulo; ni hindi makapagsindi ng apoy sa pamamagitan ng kanilang mga napakainam at lubhang tuyong kahoy, kung kaya't hindi maaaring magkaroon ng anupamang liwanag.
- 22 At walang anupamang liwanag na nakita, ni apoy, ni kislap, ni ang araw, ni ang buwan, ni ang mga bituin, sapagkat lubhang napakakapal ng abu-abo ng kadiliman na nasa ibabaw ng lupain.
- 23 At ito ay nangyari na, na tumagal sa loob ng tatlong araw na walang liwanag na nakita; at nagkaroon ng matinding pagdadalamhati at hagulgol at pagtangis sa mga tao nang walang humpay; oo, matindi ang paghihinagpis ng mga tao, dahil sa kadiliman at malaking pagkawasak na sumapit sa kanila.
- 24 At sa isang dako sila ay narinig na sumisigaw, sinasabing: O kung kami ay nagsisi bago sumapit itong kasindak-sindak at kakila-kilabot na araw, disin sana ang aming mga kapatid ay naligtas, at sila ay hindi sana nasunog sa yaong dakilang lunsod ng Zarahemla.
- 25 At sa iba pang dako sila ay narinig na sumisigaw at nagdadalamhati, sinasabing: O kung kami ay nagsisi bago sumapit itong kasindak-sindak at kakila-kilabot na araw, at hindi pinatay at binato ang mga propeta, at itinaboy sila; disin sana ang aming mga ina at aming magagandang anak na babae, at aming mga anak ay naligtas, at hindi natabunan sa yaong dakilang lunsod ng Moronihah. At gayon ang hagulgulan ng mga tao, matindi at kakila-kilabot.

And there could be no light, because of the darkness, neither candles, neither torches; neither could there be fire kindled with their fine and exceedingly dry wood, so that there could not be any light at all;

And there was not any light seen, neither fire, nor glimmer, neither the sun, nor the moon, nor the stars, for so great were the mists of darkness which were upon the face of the land.

And it came to pass that it did last for the space of three days that there was no light seen; and there was great mourning and howling and weeping among all the people continually; yea, great were the groanings of the people, because of the darkness and the great destruction which had come upon them.

And in one place they were heard to cry, saying: O that we had repented before this great and terrible day, and then would our brethren have been spared, and they would not have been burned in that great city Zarahemla.

And in another place they were heard to cry and mourn, saying: O that we had repented before this great and terrible day, and had not killed and stoned the prophets, and cast them out; then would our mothers and our fair daughters, and our children have been spared, and not have been buried up in that great city Moronihah. And thus were the howlings of the people great and terrible.

### 3 Nephi 9

- 1 At ito ay nangyari na, na may tinig na narinig sa lahat ng naninirahan sa lupain, sa ibabaw ng buong lupaing ito, na nagpapahayag:
- 2 Sa aba, sa aba, sa aba sa mga taong ito; sa aba sa mga naninirahan sa buong mundo maliban kung sila ay magsisisi; sapagkat ang diyablo ay humahalakhak, at ang kanyang mga anghel ay nagsasaya, dahil sa mga napatay sa kaaya-ayang mga anak na lalaki't babae ng aking mga tao; at dahil sa kanilang kasamaan at mga karumal-dumal na gawain kung kaya't sila ay bumagsak!
- 3 Masdan, ang dakilang lunsod ng Zarahemla ay sinunog ko ng apoy, at ang mga naninirahan doon.
- 4 At masdan, ang dakilang lunsod ng Moroni ay pinapangyari kong lumubog sa kailaliman ng dagat, at ang mga naninirahan doon na mangalunod.
- 5 At masdan, ang dakilang lunsod ng Moronihah ay tinabunan ko ng lupa, at ang mga naninirahan doon, upang itago ang kanilang mga kasamaan at kanilang mga karumal-dumal na gawain mula sa aking harapan, upang ang dugo ng mga propeta at ng mga banal ay hindi na sasaksi sa akin laban sa kanila.
- 6 At masdan, ang lunsod ng Gilgal ay pinapangyari kong lumubog, at ang mga naninirahan doon na malibing sa kailaliman ng lupa;
- 7 Oo, at ang lunsod ng Onihah at ang mga naninirahan doon, at ang lunsod ng Mocum at ang mga naninirahan doon, at ang lunsod ng Jerusalem at ang mga naninirahan doon; at mga tubig ay pinapangyari kong pumalit sa lugar niyon, upang itago ang kanilang kasamaan at mga karumal-dumal na gawain mula sa aking harapan, upang ang dugo ng mga propeta at ng mga banal ay hindi na sasaksi sa akin laban sa kanila.
- 8 At masdan, ang lunsod ng Gadiandi, at ang lunsod ng Gadiomnas, at ang lunsod ng Jacob, at ang lunsod ng Gimgimno, ang lahat ng ito ay pinapangyari kong lumubog, at lumikha ng mga burol at lambak sa mga lugar niyon; at ang mga naninirahan doon ay inilibing ko sa kailaliman ng lupa, upang itago ang kanilang kasamaan at kanilang mga karumal-dumal na gawain mula sa aking harapan, upang ang dugo ng mga propeta at ng mga banal ay hindi na sasaksi sa akin laban sa kanila.

### 3 Nephi 9

And it came to pass that there was a voice heard among all the inhabitants of the earth, upon all the face of this land, crying:

Wo, wo, wo unto this people; wo unto the inhabitants of the whole earth except they shall repent; for the devil laugheth, and his angels rejoice, because of the slain of the fair sons and daughters of my people; and it is because of their iniquity and abominations that they are fallen!

Behold, that great city Zarahemla have I burned with fire, and the inhabitants thereof.

And behold, that great city Moroni have I caused to be sunk in the depths of the sea, and the inhabitants thereof to be drowned.

And behold, that great city Moronihah have I covered with earth, and the inhabitants thereof, to hide their iniquities and their abominations from before my face, that the blood of the prophets and the saints shall not come any more unto me against them.

And behold, the city of Gilgal have I caused to be sunk, and the inhabitants thereof to be buried up in the depths of the earth;

Yea, and the city of Onihah and the inhabitants thereof, and the city of Mocum and the inhabitants thereof, and the city of Jerusalem and the inhabitants thereof; and waters have I caused to come up in the stead thereof, to hide their wickedness and abominations from before my face, that the blood of the prophets and the saints shall not come up any more unto me against them.

And behold, the city of Gadiandi, and the city of Gadiomnah, and the city of Jacob, and the city of Gimgimno, all these have I caused to be sunk, and made hills and valleys in the places thereof; and the inhabitants thereof have I buried up in the depths of the earth, to hide their wickedness and abominations from before my face, that the blood of the prophets and the saints should not come up any more unto me against them.

- 9 At masdan, ang dakilang lunsod ng Jacobugat, na tinitirahan ng mga tao ni haring Jacob, ay pinapangyari kong masunog ng apoy dahil sa kanilang mga kasalanan at kanilang mga kasamaan, na nakahihigit sa lahat ng kasamaan ng buong sangkatauhan, dahil sa kanilang mga lihim na pagpaslang at pakikipagsabwatan; sapagkat sila itong nagwasak sa kapayapaan ng aking mga tao at sa pamahalaan ng lupain; kaya nga pinapangyari kong masunog sila, upang lipulin sila mula sa aking harapan, upang ang dugo ng mga propeta at ng mga banal ay hindi na sasaksi sa akin laban sa kanila.
- 10 At masdan, ang lunsod ng Laman, at ang lunsod ng Jos, at ang lunsod ng Gad, at ang lunsod ng Kiskumen, ay pinapangyari kong masunog ng apoy, at ang mga naninirahan doon, dahil sa kanilang kasamaan sa pagtataboy sa mga propeta, at sa pagbabato sa mga yaong isinugo ko upang ihayag sa kanila ang hinggil sa kanilang kasamaan at kanilang mga karumal-dumal na gawain.
- 11 At dahil sa silang lahat ay itinaboy nila, kung kaya't wala nang mabubuti sa kanila, ako ay nagpadala ng apoy at nilipol sila, upang itago ang kanilang kasamaan at mga karumal-dumal na gawain mula sa aking harapan, upang ang dugo ng mga propeta at ng mga banal na aking isinugo sa kanila ay hindi na dumaing pa sa akin mula sa lupa laban sa kanila.
- 12 At maraming malawakang pagkawasak ang pinapangyari kong sumapit sa lupaing ito, at sa mga taong ito, dahil sa kanilang kasamaan at kanilang mga karumal-dumal na gawain.
- 13 O lahat kayong naligtas dahil sa kayo ay higit na mabubuti kaysa sa kanila, hindi pa ba kayo ngayon magbabalik sa akin, at magsisisi sa inyong mga kasalanan, at magbalik-loob, upang mapagaling ko kayo?
- 14 Oo, katotohanang sinasabi ko sa inyo, kung lalapit kayo sa akin ay magkakaroon kayo ng buhay na walang hanggan. Masdan, ang aking bisig ng awa ay nakaunat sa inyo, at kung sinuman ang lalapit, siya ay tatanggapin ko; at pinagpala ang mga yaong lumalapit sa akin.

And behold, that great city Jacobugath, which was inhabited by the people of king Jacob, have I caused to be burned with fire because of their sins and their wickedness, which was above all the wickedness of the whole earth, because of their secret murders and combinations; for it was they that did destroy the peace of my people and the government of the land; therefore I did cause them to be burned, to destroy them from before my face, that the blood of the prophets and the saints should not come up unto me any more against them.

And behold, the city of Laman, and the city of Josh, and the city of Gad, and the city of Kishkumen, have I caused to be burned with fire, and the inhabitants thereof, because of their wickedness in casting out the prophets, and stoning those whom I did send to declare unto them concerning their wickedness and their abominations.

And because they did cast them all out, that there were none righteous among them, I did send down fire and destroy them, that their wickedness and abominations might be hid from before my face, that the blood of the prophets and the saints whom I sent among them might not cry unto me from the ground against them.

And many great destructions have I caused to come upon this land, and upon this people, because of their wickedness and their abominations.

O all ye that are spared because ye were more righteous than they, will ye not now return unto me, and repent of your sins, and be converted, that I may heal you?

Yea, verily I say unto you, if ye will come unto me ye shall have eternal life. Behold, mine arm of mercy is extended towards you, and whosoever will come, him will I receive; and blessed are those who come unto me.



- 15 Masdan, ako si Jesucristo, ang Anak ng Diyos. Nilikha ko ang kalangitan at ang lupa, at lahat ng bagay na nasa mga ito. Kasama ko ang Ama mula pa sa simula. Ako ay nasa Ama, at ang Ama ay nasa akin; at sa pamamagitan ko ay dinakila ng Ama ang kanyang pangalan.
- 16 Pumaroon ako sa sariling akin at hindi ako tinanggap ng sariling akin. At ang mga banal na kasulatan hinggil sa aking pagparito ay natupad na.
- 17 At kasindami ng tumanggap sa akin, sa kanila ay ipinagkaloob ko na maging mga anak ng Diyos; at gayon din ang gagawin ko sa lahat ng maniniwala sa aking pangalan, sapagkat masdan, sa pamamagitan ko dumarating ang pagtubos, at sa pamamagitan ko ang mga batas ni Moises ay natupad.
- 18 Ako ang ilaw at ang buhay ng sanlibutan. Ako ang Alpha at ang Omega, ang simula at ang wakas.
- 19 At hindi na kayo mag-aalay pa sa akin ng pagbubuhos ng dugo; oo, ang inyong mga alay at inyong mga handog na sinusunog ay tatanggalin na, sapagkat wala na akong tatanggapin pa sa mga alay ninyo at mga handog na sinusunog ninyo.
- 20 At mag-aalay kayo bilang pinaka-hain sa akin ng isang bagbag na puso at nagsisising espiritu. At sinuman ang lalapit sa akin nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu, siya ay bibinyagan ko ng apoy at ng Espiritu Santo, maging tulad ng mga Lamanita, dahil sa kanilang pananampalataya sa akin sa panahon ng kanilang pagbabalik-loob, ay nabinyagan ng apoy at ng Espiritu Santo, at hindi nila nalalaman ito.
- 21 Masdan, pumarito ako sa daigdig upang bigyang-kaganapan ang pagtubos sa sanlibutan, upang iligtas ang sanlibutan mula sa kasalanan.
- 22 Anupa't sinuman ang magsisisi at lalapit sa akin na tulad ng maliit na bata, siya ay tatanggapin ko, sapagkat sa kanila ang kaharian ng Diyos. Masdan, sapagkat sa kanila ko inialay ang aking buhay, at muling kinuha ito; kaya nga magsisi, at lumapit sa akin kayong mga nasa dulo ng mundo, at maligtas.

Behold, I am Jesus Christ the Son of God. I created the heavens and the earth, and all things that in them are. I was with the Father from the beginning. I am in the Father, and the Father in me; and in me hath the Father glorified his name.

I came unto my own, and my own received me not. And the scriptures concerning my coming are fulfilled.

And as many as have received me, to them have I given to become the sons of God; and even so will I to as many as shall believe on my name, for behold, by me redemption cometh, and in me is the law of Moses fulfilled.

I am the light and the life of the world. I am Alpha and Omega, the beginning and the end.

And ye shall offer up unto me no more the shedding of blood; yea, your sacrifices and your burnt offerings shall be done away, for I will accept none of your sacrifices and your burnt offerings.

And ye shall offer for a sacrifice unto me a broken heart and a contrite spirit. And whoso cometh unto me with a broken heart and a contrite spirit, him will I baptize with fire and with the Holy Ghost, even as the Lamanites, because of their faith in me at the time of their conversion, were baptized with fire and with the Holy Ghost, and they knew it not.

Behold, I have come unto the world to bring redemption unto the world, to save the world from sin.

Therefore, whoso repenteth and cometh unto me as a little child, him will I receive, for of such is the kingdom of God. Behold, for such I have laid down my life, and have taken it up again; therefore repent, and come unto me ye ends of the earth, and be saved.

### 3 Nephi 10

- 1 At ngayon masdan, ito ay nangyari na, na narinig ng lahat ng tao ng lupain ang mga salitang ito, at sumasaksi rito. At matapos ang mga salitang ito ay nagkaroon ng katahimikan sa lupain sa loob ng maraming oras;
- 2 Sapagkat labis-labis ang panggigilalas ng mga tao, kung kaya't nagsitigil sila sa pananaghoy at paghagulgol dahil sa pagkawala ng kanilang mga kaanak na napatay; anupa't nagkaroon ng katahimikan sa buong lupain sa loob ng maraming oras.
- 3 At ito ay nangyari na, na may tinig na nangusap na muli sa mga tao, at narinig ng lahat ng tao, at sumasaksi rito, sinasabing:
- 4 O kayong mga tao nitong mga dakilang lunsod na mga bumagsak, na mga inapo ni Jacob, oo, na kabilang sa sambahayan ni Israel, kaydalas ko kayong tinipon tulad ng pagtitipon ng inahing manok sa kanyang mga sisiw sa ilalim ng kanyang mga pakpak, at inalagaan kayo.
- 5 At muli, gaano kadalas ko kayong tinipon tulad ng pagtitipon ng inahing manok sa kanyang mga sisiw sa ilalim ng kanyang mga pakpak, oo, O kayong mga tao ng sambahayan ni Israel, na nahulog; oo, O kayong mga tao ng sambahayan ni Israel, kayong naninirahan sa Jerusalem, na tulad ninyong nahulog; oo, kaydalas ko kayong tinipon tulad ng pagtitipon ng inahing manok sa kanyang mga sisiw, at tumanggi kayo.
- 6 O kayong sambahayan ni Israel na aking iniligtas, gaano kadalas ko kayong titipunin tulad ng pagtitipon ng inahing manok sa kanyang mga sisiw sa ilalim ng kanyang mga pakpak, kung kayo ay magsisisi at magbabalik sa akin nang buong layunin ng puso.
- 7 Subalit kung hindi, O sambahayan ni Israel, ang mga lugar na inyong tinitirahan ay magiging mapanglaw hanggang sa panahon ng pagsasakatuparan ng tipan sa inyong mga ama.
- 8 At ngayon ito ay nangyari na, na matapos marinig ng mga tao ang mga salitang ito, masdan, sila ay nagsimulang muling magsipanangis at magsipaghagulgol dahil sa pagkawala ng kanilang kaanak at mga kaibigan.

### 3 Nephi 10

And now behold, it came to pass that all the people of the land did hear these sayings, and did witness of it. And after these sayings there was silence in the land for the space of many hours;

For so great was the astonishment of the people that they did cease lamenting and howling for the loss of their kindred which had been slain; therefore there was silence in all the land for the space of many hours.

And it came to pass that there came a voice again unto the people, and all the people did hear, and did witness of it, saying:

O ye people of these great cities which have fallen, who are descendants of Jacob, yea, who are of the house of Israel, how oft have I gathered you as a hen gathereth her chickens under her wings, and have nourished you.

And again, how oft would I have gathered you as a hen gathereth her chickens under her wings, yea, O ye people of the house of Israel, who have fallen; yea, O ye people of the house of Israel, ye that dwell at Jerusalem, as ye that have fallen; yea, how oft would I have gathered you as a hen gathereth her chickens, and ye would not.

O ye house of Israel whom I have spared, how oft will I gather you as a hen gathereth her chickens under her wings, if ye will repent and return unto me with full purpose of heart.

But if not, O house of Israel, the places of your dwellings shall become desolate until the time of the fulfilling of the covenant to your fathers.

And now it came to pass that after the people had heard these words, behold, they began to weep and howl again because of the loss of their kindred and friends.

- 9 At ito ay nangyari na, na sa gayon lumipas ang tatlong araw. At ito ay sa umaga, at ang kadiliman ay naglaho mula sa ibabaw ng lupain, at ang lupa ay tumigil sa pagyanig, at ang mga bato ay tumigil sa paghahati-hati, at ang mga kakila-kilabot na paghihinagpis ay tumigil, at ang lahat ng malakas na ingay ay lumipas.
- 10 At ang lupa ay muling nagsama, kung kaya't nanatili ito; at ang pagdadalamhati, at ang pananangis, at ang paghagulgol ng mga taong naligtas na mabuhay ay nagsitigil; at ang kanilang pagdadalamhati ay naging kagalakan, at ang kanilang mga pananaghoy ay naging pagbibigay-puri at pasasalamat sa Panginoong Jesucristo, na kanilang Manunubos.
- 11 At sa gayon natupad ang mga banal na kasulatan na winika ng mga propeta.
- 12 At ang higit na mabubuting bahagi ng mga tao ang naligtas, at sila itong mga tumanggap sa mga propeta at hindi sila pinagbabato; at sila itong mga hindi pinadanak ang dugo ng mga banal, na mga naligtas—
- 13 At sila ay naligtas at hindi nahulog at nalibing sa lupa; at hindi sila nalunod sa kailaliman ng dagat; at hindi sila nasunog ng apoy, ni hindi sila nabagsakan at nadurog sa kamatayan; at hindi sila natangay ng buhawi; ni hindi sila nadaig ng abu-abo ng usok at ng kadiliman.
- 14 At ngayon, kung sinuman ang nagbabasa, unawain niya; siya na may mga banal na kasulatan, saliksikin niya ang mga ito, at mababasa at mapagmasdan kung ang lahat ng kamatayang ito at pagkawasak sa pamamagitan ng apoy, at sa pamamagitan ng usok, at sa pamamagitan ng mga bagyo, at sa pamamagitan ng mga buhawi, at sa pamamagitan ng pagbubukas ng lupa upang tanggapin sila, at ang lahat ng bagay na ito ay hindi tungo sa katuparan ng mga propesiya ng marami sa mga banal na propeta.
- 15 Masdan, sinasabi ko sa inyo, Oo, marami ang nagpatotoo sa mga bagay na ito na tungkol sa pagparito ni Cristo, at pinatay dahil sa sila ay nagpatotoo sa mga bagay na ito.

And it came to pass that thus did the three days pass away. And it was in the morning, and the darkness dispersed from off the face of the land, and the earth did cease to tremble, and the rocks did cease to rend, and the dreadful groanings did cease, and all the tumultuous noises did pass away.

And the earth did cleave together again, that it stood; and the mourning, and the weeping, and the wailing of the people who were spared alive did cease; and their mourning was turned into joy, and their lamentations into the praise and thanksgiving unto the Lord Jesus Christ, their Redeemer.

And thus far were the scriptures fulfilled which had been spoken by the prophets.

And it was the more righteous part of the people who were saved, and it was they who received the prophets and stoned them not; and it was they who had not shed the blood of the saints, who were spared—

And they were spared and were not sunk and buried up in the earth; and they were not drowned in the depths of the sea; and they were not burned by fire, neither were they fallen upon and crushed to death; and they were not carried away in the whirlwind; neither were they overpowered by the vapor of smoke and of darkness.

And now, whoso readeth, let him understand; he that hath the scriptures, let him search them, and see and behold if all these deaths and destructions by fire, and by smoke, and by tempests, and by whirlwinds, and by the opening of the earth to receive them, and all these things are not unto the fulfilling of the prophecies of many of the holy prophets.

Behold, I say unto you, Yea, many have testified of these things at the coming of Christ, and were slain because they testified of these things.

- 16 Oo, ang propetang si Zenos ay nagpatotoo sa mga bagay na ito, at si Zenok ay nangusap din hinggil sa mga bagay na ito, dahil sa sila ay nagpatotoo lalunglalo na hinggil sa atin, na mga labi ng kanilang mga binhi.
- 17 Masdan, ang ating amang si Jacob ay nagpatotoo rin hinggil sa mga labi ng mga binhi ni Jose. At masdan, hindi ba't tayo ay mga labi ng mga binhi ni Jose? At ang mga bagay na ito na nagpapatotoo sa atin, hindi ba't ang mga ito ay nasusulat sa mga laminang tanso na dinala ng ating amang si Lehi mula sa Jerusalem?
- 18 At ito ay nangyari na, na sa pagtatapos ng ikatatlumpu at apat na taon, masdan, ipakikita ko sa inyo na ang mga tao ni Nephi na mga naligtas, at ang mga yaon ding dating tinatawag na mga Lamanita, na mga naligtas, ay nagkaroon ng maraming kasihan na ipinakita sa kanila, at dakilang pagpapala ang ibinuhos sa kanilang mga ulo, kung kaya nga't pagkatapos na pagkatapos ng pag-akyat ni Cristo sa langit ay tunay niyang ipinakita ang kanyang sarili sa kanila—
- 19 Ipinakita ang kanyang katawan sa kanila, at nangangaral sa kanila; at ang ulat ng kanyang ministryo ay ibibigay pagkaraan nito. Anupa't sa oras na ito ay tinatapos ko ang aking mga pangungusap.

Yea, the prophet Zenos did testify of these things, and also Zenock spake concerning these things, because they testified particularly concerning us, who are the remnant of their seed.

Behold, our father Jacob also testified concerning a remnant of the seed of Joseph. And behold, are not we a remnant of the seed of Joseph? And these things which testify of us, are they not written upon the plates of brass which our father Lehi brought out of Jerusalem?

And it came to pass that in the ending of the thirty and fourth year, behold, I will show unto you that the people of Nephi who were spared, and also those who had been called Lamanites, who had been spared, did have great favors shown unto them, and great blessings poured out upon their heads, inso-much that soon after the ascension of Christ into heaven he did truly manifest himself unto them—

Showing his body unto them, and ministering unto them; and an account of his ministry shall be given hereafter. Therefore for this time I make an end of my sayings.

*Ipinakita ni Jesucristo ang kanyang sarili sa mga tao ni Nephi, habang ang maraming tao ay magkakasamang nagtipon sa lupaing Masagana, at nangaral sa kanila; at sa ganitong paraan ipinakita niya ang kanyang sarili sa kanila.*

### 3 Nephi 11

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, na may napakaraming tao na sama-samang nagtipon sa mga tao ni Nephi, sa paligid ng templo na nasa lupaing Masagana; at sila ay nanggigilalas at namamangha sa isa't isa, at isinasalaysay sa isa't isa ang malaki at kagila-gilalas na pagbabagong nangyari.
- 2 At sila rin ay nangag-uusap tungkol sa Jesucristong ito, na kung kanino ang palatandaan ay ibinigay hinggil sa kanyang kamatayan.
- 3 At ito ay nangyari na, na habang sila ay nasa gayong pakikipag-usap sa isa't isa, sila ay nakarinig ng tinig na parang nanggagaling sa langit; at iginala nila ang kanilang mga paningin sa paligid, sapagkat hindi nila naunawaan ang tinig na kanilang narinig; at iyon ay hindi garalgal na tinig, ni hindi ito malakas na tinig; gayunpaman, at sa kabila ng ito ay isang maliit na tinig, iyon ay tumimo sa kanila na nakaririnig hanggang sa kaibuturan, kung kaya't walang bahagi ng kanilang katawan ang hindi nagawang panginigin nito; oo, iyon ay tumimo sa kanilang pinaka-kaluluwa, at nagpaalab sa kanilang mga puso.
- 4 At ito ay nangyari na, na muli nilang narinig ang tinig, at hindi nila ito naunawaan.
- 5 At muli, sa ikatlong pagkakataon narinig nila ang tinig, at binuksan ang kanilang mga tainga upang marinig ito; at ang kanilang mga mata ay tumingin sa pinanggagalingan ng tunog niyon; at sila ay walang kurap na tumingin sa langit, kung saan ang tunog ay nanggagaling.
- 6 At masdan, sa ikatlong pagkakataon ay naunawaan nila ang tinig na kanilang narinig; at sinabi nito sa kanila:
- 7 Masdan, ang Minamahal kong Anak, na siya kong labis na kinalulugdan, sa kanya ay niluwalhati ko ang aking pangalan—pakinggan ninyo siya.

*Jesus Christ did show himself unto the people of Nephi, as the multitude were gathered together in the land Bountiful, and did minister unto them; and on this wise did he show himself unto them.*

### 3 Nephi 11

And now it came to pass that there were a great multitude gathered together, of the people of Nephi, round about the temple which was in the land Bountiful; and they were marveling and wondering one with another, and were showing one to another the great and marvelous change which had taken place.

And they were also conversing about this Jesus Christ, of whom the sign had been given concerning his death.

And it came to pass that while they were thus conversing one with another, they heard a voice as if it came out of heaven; and they cast their eyes round about, for they understood not the voice which they heard; and it was not a harsh voice, neither was it a loud voice; nevertheless, and notwithstanding it being a small voice it did pierce them that did hear to the center, insomuch that there was no part of their frame that it did not cause to quake; yea, it did pierce them to the very soul, and did cause their hearts to burn.

And it came to pass that again they heard the voice, and they understood it not.

And again the third time they did hear the voice, and did open their ears to hear it; and their eyes were towards the sound thereof; and they did look steadfastly towards heaven, from whence the sound came.

And behold, the third time they did understand the voice which they heard; and it said unto them:

Behold my Beloved Son, in whom I am well pleased, in whom I have glorified my name—hear ye him.

8 At ito ay nangyari na, nang kanilang maunawaan ay muli nilang itinuon ang kanilang mga paningin sa langit; at masdan, nakita nila ang isang Lalaking bumababa mula sa langit; at siya ay nabibihisan ng isang maputing bata; at siya ay bumaba at tumayo sa gitna nila; at ang mga paningin ng lahat ng tao ay natuon sa kanya, at hindi nila tinangkang buksan ang kanilang mga bibig, maging sa isa't isa, at hindi malaman ang kahulugan nito, sapagkat inakala nila na isang anghel ang nagpakita sa kanila.

9 At ito ay nangyari na, na iniunat niya ang kanyang kamay at nangusap sa mga tao, sinasabing:

10 Masdan, ako si Jesucristo, na siyang pinatotohanan ng mga propeta na paparito sa daigdig.

11 At masdan, ako ang ilaw at ang buhay ng sanlibutan; at ako ay uminom sa mapait na sarong ibinigay ng Ama sa akin, at niluwalhati ang Ama sa pagdadala ko ng mga kasalanan ng sanlibutan, na kung saan aking binata ang kalooban ng Ama sa lahat ng bagay magbuhat pa sa simula.

12 At ito ay nangyari na, nang sabihin ni Jesus ang mga salitang ito, ang lahat ng tao ay nangabuwal sa lupa; sapagkat kanilang naalaalang iprinopesiya sa kanila na ipakikita ni Cristo ang kanyang sarili sa kanila pagkatapos na siya ay umakyat sa langit.

13 At ito ay nangyari na, na ang Panginoon ay nangusap sa kanila sinasabing:

14 Bumangon at lumapit sa akin, upang inyong maihipo ang inyong mga kamay sa aking tagiliran, at upang inyo ring masalat ang bakas ng pako sa aking mga kamay at aking mga paa, upang inyong malaman na ako nga ang Diyos ng Israel, at ang Diyos ng buong sangkatauhan, at pinatay para sa mga kasalanan ng sanlibutan.

15 At ito ay nangyari na, na ang maraming tao ay lumapit, at inihipo ang kanilang mga kamay sa kanyang tagiliran, at sinalat ang bakas ng pako sa kanyang mga kamay at kanyang mga paa; at ito ay ginawa nila, isa-isang nagsilapit hanggang sa ang lahat ay makalapit, at nakita ng kanilang mga mata at nadama ng kanilang mga kamay, at nalaman nang may katiyakan at nagpatotoo, na ito ay siya nga, na siyang isinulat ng mga propeta, na paparito.

And it came to pass, as they understood they cast their eyes up again towards heaven; and behold, they saw a Man descending out of heaven; and he was clothed in a white robe; and he came down and stood in the midst of them; and the eyes of the whole multitude were turned upon him, and they durst not open their mouths, even one to another, and wist not what it meant, for they thought it was an angel that had appeared unto them.

And it came to pass that he stretched forth his hand and spake unto the people, saying:

Behold, I am Jesus Christ, whom the prophets testified shall come into the world.

And behold, I am the light and the life of the world; and I have drunk out of that bitter cup which the Father hath given me, and have glorified the Father in taking upon me the sins of the world, in the which I have suffered the will of the Father in all things from the beginning.

And it came to pass that when Jesus had spoken these words the whole multitude fell to the earth; for they remembered that it had been prophesied among them that Christ should show himself unto them after his ascension into heaven.

And it came to pass that the Lord spake unto them saying:

Arise and come forth unto me, that ye may thrust your hands into my side, and also that ye may feel the prints of the nails in my hands and in my feet, that ye may know that I am the God of Israel, and the God of the whole earth, and have been slain for the sins of the world.

And it came to pass that the multitude went forth, and thrust their hands into his side, and did feel the prints of the nails in his hands and in his feet; and this they did do, going forth one by one until they had all gone forth, and did see with their eyes and did feel with their hands, and did know of a surety and did bear record, that it was he, of whom it was written by the prophets, that should come.

16 At nang lahat sila ay makalapit at makasaksi para sa kanilang sarili, sila ay sumigaw sa iisang tinig, sinasabing:

17 Hosana! Purihin ang pangalan ng Kataas-taasang Diyos! At sila ay nagsiluhod sa paanan ni Jesus, at sinamba siya.

18 At ito ay nangyari na, na siya ay nangusap kay Nephi (sapagkat si Nephi ay nasa maraming tao) at kanya siyang inutusan na nararapat siyang lumapit.

19 At si Nephi ay tumayo at lumapit, at iniyukod ang kanyang sarili sa harapan ng Panginoon at hinagkan ang kanyang mga paa.

20 At ang Panginoon ay nag-utos sa kanya na tumayo siya. At siya ay tumayo at tumindig sa harapan niya.

21 At ang Panginoon ay nagsabi sa kanya: Ibinibigay ko sa iyo ang kapangyarihan na binyagan mo ang mga taong ito kapag ako ay umakyat nang muli sa langit.

22 At muli ang Panginoon ay tumawag pa ng iba, at gayon din ang sinabi sa kanila; at binigyan niya sila ng kapangyarihan na magbinyag. At kanyang sinabi sa kanila: Sa ganitong paraan kayo magbibinyag; at huwag magkakaroon ng mga pagtatalu-talo sa inyo.

23 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na sinuman ang magsisisi ng kanyang mga kasalanan sa pamamagitan ng inyong mga salita, at magnanais na mabinyagan sa aking pangalan, sa ganitong paraan ninyo sila bibinyagan—Masdan, kayo ay bababa at tatayo sa tubig, at sa aking pangalan ay bibinyagan ninyo sila.

24 At ngayon masdan, ito ang mga salitang inyong sasabihin, bibigkasin ang kanilang pangalan, sinasabing:

25 Sa kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ni Jesucristo, binibinyagan kita sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Amen.

26 At pagkatapos inyo silang ilulubog sa tubig, at muling iaahon mula sa tubig.

27 At sa ganitong paraan kayo magbibinyag sa aking pangalan; sapagkat masdan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, na ang Ama, at ang Anak, at ang Espiritu Santo ay isa; at ako ay nasa Ama, at ang Ama ay nasa akin, at ang Ama at ako ay isa.

And when they had all gone forth and had witnessed for themselves, they did cry out with one accord, saying:

Hosanna! Blessed be the name of the Most High God! And they did fall down at the feet of Jesus, and did worship him.

And it came to pass that he spake unto Nephi (for Nephi was among the multitude) and he commanded him that he should come forth.

And Nephi arose and went forth, and bowed himself before the Lord and did kiss his feet.

And the Lord commanded him that he should arise. And he arose and stood before him.

And the Lord said unto him: I give unto you power that ye shall baptize this people when I am again ascended into heaven.

And again the Lord called others, and said unto them likewise; and he gave unto them power to baptize. And he said unto them: On this wise shall ye baptize; and there shall be no disputations among you.

Verily I say unto you, that whoso repenteth of his sins through your words, and desireth to be baptized in my name, on this wise shall ye baptize them—Behold, ye shall go down and stand in the water, and in my name shall ye baptize them.

And now behold, these are the words which ye shall say, calling them by name, saying:

Having authority given me of Jesus Christ, I baptize you in the name of the Father, and of the Son, and of the Holy Ghost. Amen.

And then shall ye immerse them in the water, and come forth again out of the water.

And after this manner shall ye baptize in my name; for behold, verily I say unto you, that the Father, and the Son, and the Holy Ghost are one; and I am in the Father, and the Father in me, and the Father and I are one.

28 At alinsunod sa iniutos ko sa inyo sa gayon kayo magbibinyag. At hindi dapat magkaroon ng mga pagtatalu-talo sa inyo, na kagaya noon; ni huwag kayong magkakaroon ng mga pagtatalo sa inyo hinggil sa mga paksa ng aking doktrina, na kagaya noon.

29 Sapagkat katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, siya na may diwa ng pagtatalo ay hindi sa akin, kundi sa diyablo, na siyang ama ng pagtatalo, at kanyang inuudyukan ang mga puso ng tao na makipagtalo nang may galit sa isa't isa.

30 Masdan, hindi ito ang aking doktrina, na pukawin sa galit ang mga puso ng tao, isa laban sa isa; kundi ito ang aking doktrina, na ang mga gayong bagay ay maiwaksi.

31 Masdan, katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, ipahahayag ko sa inyo ang aking doktrina.

32 At ito ang aking doktrina, at ito ang doktrinang ibinigay ng Ama sa akin; at Ako ay nagpapatotoo sa Ama, at ang Ama ay nagpapatotoo sa akin, at ang Espiritu Santo ay nagpapatotoo sa Ama at sa akin; at ako ay nagpapatotoo na inuutusan ng Ama ang lahat ng tao, saan man, na magsisi at maniwala sa akin.

33 At sinuman ang maniniwala sa akin, at mabinyagan, siya rin ay maliligtas; at sila yaong magmamana ng kaharian ng Diyos.

34 At sinuman ang hindi maniniwala sa akin, at hindi mabinyagan, ay mapapahamak.

35 Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, na ito ang aking doktrina, at ako ay nagbibigay-patotoo nito mula sa Ama; at sinuman ang naniniwala sa akin ay naniniwala rin sa Ama; at sa kanya ang Ama ay magpapatotoo ng tungkol sa akin, sapagkat kanya siyang dadalawin ng apoy at ng Espiritu Santo.

36 At sa gayon magpapatotoo ng tungkol sa akin ang Ama, at ang Espiritu Santo ang magpapatotoo sa kanya ng tungkol sa Ama at sa akin; sapagkat ang Ama, at ako, at ang Espiritu Santo ay isa.

37 At muli sinasabi ko sa inyo, kailangan na kayo ay magsisi, at maging katulad ng isang maliit na bata, at magpabinyag sa aking pangalan, o hindi ninyo maaaring matanggap ang mga bagay na ito sa anumang paraan.

And according as I have commanded you thus shall ye baptize. And there shall be no disputations among you, as there have hitherto been; neither shall there be disputations among you concerning the points of my doctrine, as there have hitherto been.

For verily, verily I say unto you, he that hath the spirit of contention is not of me, but is of the devil, who is the father of contention, and he stirreth up the hearts of men to contend with anger, one with another.

Behold, this is not my doctrine, to stir up the hearts of men with anger, one against another; but this is my doctrine, that such things should be done away.

Behold, verily, verily, I say unto you, I will declare unto you my doctrine.

And this is my doctrine, and it is the doctrine which the Father hath given unto me; and I bear record of the Father, and the Father beareth record of me, and the Holy Ghost beareth record of the Father and me; and I bear record that the Father commandeth all men, everywhere, to repent and believe in me.

And whoso believeth in me, and is baptized, the same shall be saved; and they are they who shall inherit the kingdom of God.

And whoso believeth not in me, and is not baptized, shall be damned.

Verily, verily, I say unto you, that this is my doctrine, and I bear record of it from the Father; and whoso believeth in me believeth in the Father also; and unto him will the Father bear record of me, for he will visit him with fire and with the Holy Ghost.

And thus will the Father bear record of me, and the Holy Ghost will bear record unto him of the Father and me; for the Father, and I, and the Holy Ghost are one.

And again I say unto you, ye must repent, and become as a little child, and be baptized in my name, or ye can in nowise receive these things.



38 At muli sinasabi ko sa inyo, kailangan na kayo ay magsisi, at magpabinyag sa aking pangalan, at maging katulad ng isang maliit na bata, o hindi kayo magmamana ng kaharian ng Diyos sa anumang paraan.

39 Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, na ito ang aking doktrina, at sinuman ang magtatayo sa ibabaw nito ay nagtatayo sa ibabaw ng aking bato, at ang mga pintuan ng impiyerno ay hindi mananaig laban sa kanila.

40 At sinuman ang magpapahayag nang humigit-kumulang dito, at itatag ito bilang aking doktrina, sa kanya rin nagmumula ang masama, at hindi nakatayo sa ibabaw ng aking bato; kundi siya ay nagtayo sa isang saligang buhangin, at ang mga pintuan ng impiyerno ay nakabukas upang tanggapin ang gayon kapag dumating ang mga baha at hampasin ito ng hangin,

41 Samakatwid, humayo kayo sa mga taong ito, at ipahayag ang mga salitang aking sinabi hanggang sa mga dulo ng mundo.

And again I say unto you, ye must repent, and be baptized in my name, and become as a little child, or ye can in nowise inherit the kingdom of God.

Verily, verily, I say unto you, that this is my doctrine, and whoso buildeth upon this buildeth upon my rock, and the gates of hell shall not prevail against them.

And whoso shall declare more or less than this, and establish it for my doctrine, the same cometh of evil, and is not built upon my rock; but he buildeth upon a sandy foundation, and the gates of hell stand open to receive such when the floods come and the winds beat upon them.

Therefore, go forth unto this people, and declare the words which I have spoken, unto the ends of the earth.

### 3 Nephi 12

- 1 At ito ay nangyari na, nang sabihin ni Jesus ang mga salitang ito kay Nephi, at sa mga yaong tinawag, (ngayon, ang bilang ng mga yaong tinawag, at tumanggap ng kapangyarihan at karapatan na magbinyag, ay labindalawa) at masdan, iniunat niya ang kanyang kamay sa maraming tao, at sumigaw sa kanila, sinasabing: Pinagpala kayo kung kayo ay makikinig sa mga salita nitong labindalawang aking pinili mula sa inyo upang maglingkod sa inyo, at maging inyong mga tagapaglingkod; at sa kanila ay ibinigay ko ang kapangyarihan na binyagan kayo sa tubig; at matapos na kayo ay mabinyagan sa tubig, masdan, bibinyagan ko kayo ng apoy at ng Espiritu Santo; kaya nga pinagpala kayo kung kayo ay maniniwala sa akin at magpapabinyag, matapos na makita ninyo at malaman ninyo na ako ay siya nga.
- 2 At muli, higit na pinagpala sila na maniniwala sa inyong mga salita dahil sa kayo ay nagpapatotoo na inyo akong nakita, at nalaman ninyo na ako ay siya nga. Oo, pinagpala sila na maniniwala sa inyong mga salita, at bababa sa kailaliman ng pagpapakumbaba at magpabinyag, sapagkat sila ay dadalawin ng apoy at ng Espiritu Santo, at tatanggap ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan.
- 3 Oo, mapapalad ang mga aba sa espiritu na lumalapit sa akin, sapagkat sa kanila ang kaharian ng langit.
- 4 At muli, mapapalad silang lahat na nahahapis sapagkat sila ay aaliwin.
- 5 At mapapalad ang mga maamo, sapagkat mamanahin nila ang lupa.
- 6 At mapapalad silang lahat na nagugutom at nauuhaw sa kabutihan, sapagkat sila'y mapupuspos ng Espiritu Santo.
- 7 At mapapalad ang mga maawain, sapagkat sila'y kaaawaan.
- 8 At mapapalad ang lahat nang may dalisay na puso, sapagkat makikita nila ang Diyos.
- 9 At mapapalad ang lahat ng tagapamayapa, sapagkat sila'y tatawaging mga anak ng Diyos.
- 10 At mapapalad silang lahat na pinag-uusig dahil sa aking pangalan, sapagkat sa kanila ang kaharian ng langit.

### 3 Nephi 12

And it came to pass that when Jesus had spoken these words unto Nephi, and to those who had been called, (now the number of them who had been called, and received power and authority to baptize, was twelve) and behold, he stretched forth his hand unto the multitude, and cried unto them, saying: Blessed are ye if ye shall give heed unto the words of these twelve whom I have chosen from among you to minister unto you, and to be your servants; and unto them I have given power that they may baptize you with water; and after that ye are baptized with water, behold, I will baptize you with fire and with the Holy Ghost; therefore blessed are ye if ye shall believe in me and be baptized, after that ye have seen me and know that I am.

And again, more blessed are they who shall believe in your words because that ye shall testify that ye have seen me, and that ye know that I am. Yea, blessed are they who shall believe in your words, and come down into the depths of humility and be baptized, for they shall be visited with fire and with the Holy Ghost, and shall receive a remission of their sins.

Yea, blessed are the poor in spirit who come unto me, for theirs is the kingdom of heaven.

And again, blessed are all they that mourn, for they shall be comforted.

And blessed are the meek, for they shall inherit the earth.

And blessed are all they who do hunger and thirst after righteousness, for they shall be filled with the Holy Ghost.

And blessed are the merciful, for they shall obtain mercy.

And blessed are all the pure in heart, for they shall see God.

And blessed are all the peacemakers, for they shall be called the children of God.

And blessed are all they who are persecuted for my name's sake, for theirs is the kingdom of heaven.

- 11 At pinagpala kayo kung ang mga tao ay lalaitin kayo at pag-uusigin, at magsasabi ng lahat ng uri ng kasamaan laban sa inyo na hindi totoo, dahil sa akin;
- 12 Sapagkat kayo ay magkakaroon ng malaking kagalakan at labis na kasiyahan, sapagkat malaki ang inyong gantimpala sa langit; sapagkat gayon nila pinag-usig ang mga propetang nangauna sa inyo.
- 13 Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, ibinibigay ko sa inyo na maging asin ng lupa; ngunit kung ang asin ay mawalan ng lasa saan kaya ang lupa ay mapapaalat? Ang asin kung magkagayon ay magiging walang kabuluhan, kundi ang itapon at yapakan ng mga paa ng tao.
- 14 Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, ibinibigay ko sa inyo na maging ilaw ng mga taong ito. Isang lunsod na nakatayo sa ibabaw ng isang burol na hindi maitatago.
- 15 Masdan, ang mga tao ba ay nagsisindi ng kandila upang ilagay sa ilalim ng takalan? Hindi, kundi sa isang kandelerero, at ito ay nagbibigay-liwanag sa lahat ng nasa bahay;
- 16 Samakatwid hayaan na ang inyong ilaw ay magliwanag sa harapan ng mga taong ito, upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at luwalhatiin nila ang inyong Ama na nasa langit.
- 17 Huwag ninyong isipin na ako ay naparito upang wasakin ang batas o ang mga propeta. Ako ay hindi naparito upang magwasak kundi upang tumupad;
- 18 Sapagkat katotohanang sinasabi ko sa inyo, ni isang tuldok o isang kudlit ay hindi mawawala sa batas, kundi sa akin ito ay natupad na lahat.
- 19 At masdan, ibinigay ko sa inyo ang batas at ang mga kautusan ng aking Ama, upang kayo ay maniwala sa akin, at upang kayo ay magsisi sa inyong mga kasalanan, at lumapit sa akin nang may pusong bagbag at nagsisising espiritu. Masdan, nasa inyo ang mga kautusan, at ang batas ay natupad na.
- 20 Kaya nga magsilapit kayo sa akin at kayo ay maliligtas; sapagkat katotohanang sinasabi ko sa inyo, na maliban kung inyong susundin ang mga kautusan ko, na aking iniuutos sa inyo sa oras na ito, hindi kayo kailanman maaaring makapasok sa kaharian ng langit.

And blessed are ye when men shall revile you and persecute, and shall say all manner of evil against you falsely, for my sake;

For ye shall have great joy and be exceedingly glad, for great shall be your reward in heaven; for so persecuted they the prophets who were before you.

Verily, verily, I say unto you, I give unto you to be the salt of the earth; but if the salt shall lose its savor wherewith shall the earth be salted? The salt shall be thenceforth good for nothing, but to be cast out and to be trodden under foot of men.

Verily, verily, I say unto you, I give unto you to be the light of this people. A city that is set on a hill cannot be hid.

Behold, do men light a candle and put it under a bushel? Nay, but on a candlestick, and it giveth light to all that are in the house;

Therefore let your light so shine before this people, that they may see your good works and glorify your Father who is in heaven.

Think not that I am come to destroy the law or the prophets. I am not come to destroy but to fulfil;

For verily I say unto you, one jot nor one tittle hath not passed away from the law, but in me it hath all been fulfilled.

And behold, I have given you the law and the commandments of my Father, that ye shall believe in me, and that ye shall repent of your sins, and come unto me with a broken heart and a contrite spirit. Behold, ye have the commandments before you, and the law is fulfilled.

Therefore come unto me and be ye saved; for verily I say unto you, that except ye shall keep my commandments, which I have commanded you at this time, ye shall in no case enter into the kingdom of heaven.

- 21 Narinig ninyo na sinabi nila noong unang panahon, at ito rin ay nasulat sa inyo, na huwag kayong papatay, at sinuman ang pumatay ay mapapasapanganib sa kahatulan ng Diyos;
- 22 Ngunit sinasabi ko sa inyo, na sinuman ang nagagalit sa kanyang kapatid ay manganganib sa kanyang kahatulan. At sinuman ang magsasabi sa kanyang kapatid, Raca, ay mapapasapanganib sa kapulungan; at sinuman ang magsabing, Hangal ka, ay mapapasapanganib sa apoy ng impiyerno.
- 23 Kaya nga, kung kayo ay lalapit sa akin, o magnanais na lumapit sa akin, at naalaala ninyo na ang inyong kapatid ay may anumang laban sa inyo—
- 24 Magtungo kayo sa inyong kapatid, at makipagkasundo muna kayo sa inyong kapatid, at pagkatapos kayo ay lumapit sa akin nang may buong layunin ng puso, at tatanggapin ko kayo.
- 25 Makipagkasundo kayo agad sa inyong kaaway samantalang kayo ay kasama niya sa daan, baka sa anumang sandali kayo ay dakpin niya at itapon kayo sa bilangguan.
- 26 Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, kayo sa anumang paraan ay hindi makalalabas doon hanggang sa mabayaran ninyo ang kahuli-hulihang senine. At samantalang kayo ay nasa bilangguan mababayaran ba ninyo maging ang isang senine? Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, Hindi.
- 27 Masdan, isinulat nila noong unang panahon, na huwag kayong makikiapid;
- 28 Ngunit sinasabi ko sa inyo, na sinuman ang tumingin sa isang babae, taglay ang pagnanasa sa kanya, ay nagkasala na ng pakikiapid sa kanyang puso.
- 29 Masdan, ibinibigay ko sa inyo ang isang kautusan, na huwag ninyo pahintulutan na ang mga bagay na ganito ay pumasok sa inyong mga puso;
- 30 Sapagkat higit na mabuting pagkaitan ninyo ang inyong sarili ng mga bagay na ito, kung saan ninyo papasanin ang inyong krus, kaysa sa kayo ay ihagis sa impiyerno.
- 31 Ito ay nasusulat, na sinuman ang hihiwalay sa kanyang asawang babae, bigyan niya siya ng kasulatan ng kalag-kasal.

Ye have heard that it hath been said by them of old time, and it is also written before you, that thou shalt not kill, and whosoever shall kill shall be in danger of the judgment of God;

But I say unto you, that whosoever is angry with his brother shall be in danger of his judgment. And whosoever shall say to his brother, Raca, shall be in danger of the council; and whosoever shall say, Thou fool, shall be in danger of hell fire.

Therefore, if ye shall come unto me, or shall desire to come unto me, and rememberest that thy brother hath aught against thee—

Go thy way unto thy brother, and first be reconciled to thy brother, and then come unto me with full purpose of heart, and I will receive you.

Agree with thine adversary quickly while thou art in the way with him, lest at any time he shall get thee, and thou shalt be cast into prison.

Verily, verily, I say unto thee, thou shalt by no means come out thence until thou hast paid the uttermost senine. And while ye are in prison can ye pay even one senine? Verily, verily, I say unto you, Nay.

Behold, it is written by them of old time, that thou shalt not commit adultery;

But I say unto you, that whosoever looketh on a woman, to lust after her, hath committed adultery already in his heart.

Behold, I give unto you a commandment, that ye suffer none of these things to enter into your heart;

For it is better that ye should deny yourselves of these things, wherein ye will take up your cross, than that ye should be cast into hell.

It hath been written, that whosoever shall put away his wife, let him give her a writing of divorcement.

- 32 Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, na sinuman ang hihiwalay sa kanyang asawang babae, maliban na lamang sa dahilang pangangalunya, ay nagbibigay ng dahilan sa kanya na makiapid; at sinuman ang pakakasal sa kanya na hiwalay sa asawa ay magkakasala ng pakikiapid.
- 33 At muli nasusulat, huwag ninyong ipanunumpa ang inyong sarili, kundi gampanan sa Panginoon ang inyong mga sumpa.
- 34 Ngunit katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, huwag kayong mangangako; ni sa langit, sapagkat iyon ang trono ng Diyos;
- 35 O sa lupa, sapagkat iyon ang tuntungan ng kanyang mga paa;
- 36 Ni mangako kayo sa inyong mga ulo, sapagkat hindi ninyo kaya na ang isang buhok ay gawing maitim o maputi.
- 37 Ngunit ang inyong magiging pananalita ay Oo, oo; Hindi, hindi; sapagkat anuman ang hihigit pa rito ay masama.
- 38 At masdan, nasusulat, mata sa mata, at ngipin sa ngipin;
- 39 Ngunit sinasabi ko sa inyo, na huwag kayong makilaban sa masama, kundi kung sinuman ang sasampal sa inyo sa kanang pisngi, ibaling din ninyo sa kanya ang kabila.
- 40 At kung sinumang tao ang ipagsasakdal kayo sa batas at kukunin ang inyong tunika, hayaan ninyong mapasakanya rin ang inyong balabal;
- 41 At kung sinuman ang pipilit sa inyo na lumakad ng isang milya, sumama kayo sa kanya ng dalawang ulit.
- 42 Bigyan ninyo siya na nanghihingi sa inyo, at siya na nanghihiram sa inyo ay huwag ninyong tatalikuran.
- 43 At masdan, nasusulat din, mahal ninyo ang inyong kapwa at kapootan ninyo ang inyong kaaway;
- 44 Ngunit masdan sinasabi ko sa inyo, mahal ninyo ang inyong mga kaaway, pagpalain ninyo sila na sumusumpa sa inyo, gawan ninyo ng mabuti sila na napopoot sa inyo, at ipanalangin ninyo sila na may masamang hangarin sa paggamit sa inyo at umuusig sa inyo;
- Verily, verily, I say unto you, that whosoever shall put away his wife, saving for the cause of fornication, causeth her to commit adultery; and whoso shall marry her who is divorced committeth adultery.
- And again it is written, thou shalt not forswear thyself, but shalt perform unto the Lord thine oaths;
- But verily, verily, I say unto you, swear not at all; neither by heaven, for it is God's throne;
- Nor by the earth, for it is his footstool;
- Neither shalt thou swear by thy head, because thou canst not make one hair black or white;
- But let your communication be Yea, yea; Nay, nay; for whatsoever cometh of more than these is evil.
- And behold, it is written, an eye for an eye, and a tooth for a tooth;
- But I say unto you, that ye shall not resist evil, but whosoever shall smite thee on thy right cheek, turn to him the other also;
- And if any man will sue thee at the law and take away thy coat, let him have thy cloak also;
- And whosoever shall compel thee to go a mile, go with him twain.
- Give to him that asketh thee, and from him that would borrow of thee turn thou not away.
- And behold it is written also, that thou shalt love thy neighbor and hate thine enemy;
- But behold I say unto you, love your enemies, bless them that curse you, do good to them that hate you, and pray for them who despitefully use you and persecute you;

- 45 Upang kayo ay maging mga anak ng inyong Ama na nasa langit; sapagkat pinasisikat niya ang kanyang araw sa masasama at sa mabubuti.
- 46 Kaya nga, yaong mga bagay noong unang panahon na nasa ilalim ng batas, sa akin ang lahat ay natupad na.
- 47 Ang mga lumang bagay ay lumipas na, at lahat ng bagay ay naging bago.
- 48 Anupa't nais ko na kayo ay maging ganap na katulad ko, o ng inyong Ama na nasa langit ay ganap.
- That ye may be the children of your Father who is in heaven; for he maketh his sun to rise on the evil and on the good.
- Therefore those things which were of old time, which were under the law, in me are all fulfilled.
- Old things are done away, and all things have become new.
- Therefore I would that ye should be perfect even as I, or your Father who is in heaven is perfect.

### 3 Nephi 13

- 1 Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko na nais ko na kayo ay maglimos sa mga maralita; ngunit mag-ingat kayo na ang inyong paglilimos ay hindi ginagawa sa harapan ng mga tao upang makita nila; kung hindi ay wala kayong tatanggaping gantimpala mula sa inyong Ama na nasa langit.
- 2 Kaya nga, kung kayo ay maglilimos huwag ninyong hihipan ang pakakak sa harapan ninyo, gaya ng ginagawa ng mga mapagkunwari sa mga sinagoga at sa mga lansangan, upang sila ay papurihan ng tao. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, mayroon na silang gantimpala.
- 3 Ngunit kung kayo ay maglilimos, huwag hayaang malaman ng iyong kaliwang kamay ang ginagawa ng iyong kanang kamay;
- 4 Upang ang inyong paglilimos ay malihim; at ang inyong Ama na nakakikita nang lihim, siya na rin ang maggagantimpala sa inyo nang hayagan.
- 5 At kung kayo ay manalangin, huwag kayong tutulad sa ginagawa ng mga mapagkunwari, sapagkat iniibig nilang manalangin nang nakatayo sa mga sinagoga at sa mga panulukan ng mga lansangan, upang sila ay makita ng mga tao. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, mayroon na silang gantimpala.
- 6 Ngunit kayo, kung kayo ay manalangin, pumasok kayo sa inyong silid, at kung maisara na ninyo ang inyong pintuan, manalangin kayo sa inyong Ama na nasa lihim; at ang inyong Ama, na nakakikita nang lihim, ay gagantimpalaan kayo nang hayagan.
- 7 Ngunit kung kayo ay manalangin, huwag gumamit ng mga walang kabuluhang paulit-ulit, gaya ng ginagawa ng mga di binyagan, sapagkat iniisip nila na diringgin sila sa labis na kasasalita.
- 8 Huwag nga kayong tumulad sa kanila, sapagkat nalalaman ng inyong Ama ang mga bagay na kailangan ninyo bago pa kayo humingi sa kanya.
- 9 Sa ganitong pamamaraan magsidalangin kayo: Ama namin na nasa langit, sambahin ang pangalan ninyo.
- 10 Mangyari ang inyong kalooban dito sa lupa katulad ng sa langit.

### 3 Nephi 13

Verily, verily, I say that I would that ye should do alms unto the poor; but take heed that ye do not your alms before men to be seen of them; otherwise ye have no reward of your Father who is in heaven.

Therefore, when ye shall do your alms do not sound a trumpet before you, as will hypocrites do in the synagogues and in the streets, that they may have glory of men. Verily I say unto you, they have their reward.

But when thou doest alms let not thy left hand know what thy right hand doeth;

That thine alms may be in secret; and thy Father who seeth in secret, himself shall reward thee openly.

And when thou prayest thou shalt not do as the hypocrites, for they love to pray, standing in the synagogues and in the corners of the streets, that they may be seen of men. Verily I say unto you, they have their reward.

But thou, when thou prayest, enter into thy closet, and when thou hast shut thy door, pray to thy Father who is in secret; and thy Father, who seeth in secret, shall reward thee openly.

But when ye pray, use not vain repetitions, as the heathen, for they think that they shall be heard for their much speaking.

Be not ye therefore like unto them, for your Father knoweth what things ye have need of before ye ask him.

After this manner therefore pray ye: Our Father who art in heaven, hallowed be thy name.

Thy will be done on earth as it is in heaven.

11 At patawarin ninyo kami sa aming mga utang, katulad ng aming pagpapatawad sa may utang sa amin.

12 At huwag ninyo kaming hayaang akayin sa tukso, kundi iligtas ninyo kami sa masama.

13 Sapagkat sa inyo ang kaharian, at ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, magpakailanman. Amen.

14 Sapagkat, kung inyong patatawarin ang mga tao sa kanilang mga pagkakasala, ang inyong Ama sa langit ay patatawarin din kayo.

15 Ngunit kung hindi ninyo patatawarin ang mga tao sa kanilang mga pagkakasala, ni ang inyong Ama ay hindi magpapatawad sa inyong mga kasalanan.

16 Bukod dito, kung kayo ay nag-aayuno huwag kayong tutulad sa mga mapagkunwari, na may malungkot na mukha, sapagkat pinasasama nila ang kanilang mga mukha upang lumitaw sa mga tao na sila ay nag-aayuno. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, mayroon na silang gantimpala.

17 Ngunit kayo, kung kayo ay nag-aayuno, langisan ang inyong ulo, at hugasan ang inyong mukha;

18 Upang huwag lumitaw sa mga tao na kayo ay nag-aayuno, kundi sa inyong Ama, na nasa lihim; at ang inyong Ama, na nakakikita nang lihim, ay gagantimpalaan kayo nang hayagan.

19 Huwag kayong mangagtipon ng mga kayamanan sa lupa, kung saan ang tanga at kalawang ay sumisira, at mga magnanakaw ay sapilitang pumapasok at nagnanakaw;

20 Ngunit mag-ipon para sa inyong sarili ng mga kayamanan sa langit, kung saan ni ang tanga o ang kalawang ay hindi makapaninira, at kung saan ang mga magnanakaw ay hindi sapilitang makapapasok o makapagnanakaw.

21 Sapagkat kung nasaan ang inyong kayamanan, naroon din ang inyong puso.

22 Ang ilawan ng inyong katawan ay ang mata; kung magkagayon, na ang inyong mata ay tapat, ang inyong buong katawan ay mapupuspos ng liwanag.

23 Ngunit kung ang inyong mata ay masama, ang buo ninyong katawan ay mapupuspos ng kadiliman. Kung magkagayon, ang liwanag na nasa inyo ay kadiliman, kaylaki ng kadilimang yaon!

And forgive us our debts, as we forgive our debtors.

And lead us not into temptation, but deliver us from evil.

For thine is the kingdom, and the power, and the glory, forever. Amen.

For, if ye forgive men their trespasses your heavenly Father will also forgive you;

But if ye forgive not men their trespasses neither will your Father forgive your trespasses.

Moreover, when ye fast be not as the hypocrites, of a sad countenance, for they disfigure their faces that they may appear unto men to fast. Verily I say unto you, they have their reward.

But thou, when thou fastest, anoint thy head, and wash thy face;

That thou appear not unto men to fast, but unto thy Father, who is in secret; and thy Father, who seeth in secret, shall reward thee openly.

Lay not up for yourselves treasures upon earth, where moth and rust doth corrupt, and thieves break through and steal;

But lay up for yourselves treasures in heaven, where neither moth nor rust doth corrupt, and where thieves do not break through nor steal.

For where your treasure is, there will your heart be also.

The light of the body is the eye; if, therefore, thine eye be single, thy whole body shall be full of light.

But if thine eye be evil, thy whole body shall be full of darkness. If, therefore, the light that is in thee be darkness, how great is that darkness!



24 Walang taong makapaglilingkod sa dalawang panginoon; sapagkat alinman sa dalawa ay kanyang kapopootan ang isa at iibigin ang pangalawa, o kaya ay mangangapit siya sa isa at kamumuhian ang ikalawa. Hindi kayo maaaring maglingkod sa Diyos at sa Mammon.

25 At ngayon ito ay nangyari na, nang sabihin ni Jesus ang mga salitang ito, siya ay tumingin sa labindalawang kanyang pinili, at sinabi sa kanila: Tandaan ang mga salitang aking sinabi. Sapagkat masdan, kayo yaong aking mga piniling maglingkod sa mga taong ito. Kaya nga sinasabi ko sa inyo, huwag kayong mag-alaala para sa inyong buhay, kung ano ang inyong kakainin, o kung ano ang inyong iinumun; o ang para sa inyong katawan, kung ano ang inyong isusuot. Hindi ba't ang buhay ay higit pa kaysa sa pagkain, at ang katawan kaysa sa kasuotan?

26 Masdan ang mga ibon sa himpapawid, hindi sila naghahasik, ni nag-aani o nagtitipon sa bangan; gayunman sila ay pinakakain ng inyong Ama sa langit. Hindi ba't kayo ay higit na mahalaga kaysa sa kanila?

27 Sino sa inyo ang sa pag-aalaala ay makapagdaragdag ng isang siko sa kanyang pangangatawan?

28 At bakit ninyo aalalahanin ang kasuotan? Isaalang-alang ang mga lirio sa parang kung paano sila lumalago; hindi sila gumagawa, ni sila'y humahabi.

29 At gayunman sinasabi ko sa inyo, na maging si Solomon, sa lahat ng kabantugan niya, ay hindi nakapagsuot ng katulad ng isa sa mga ito.

30 Kaya nga, kung ang Diyos ay binibihisan ang mga damo sa parang, na sa araw na ito ay gayon, at bukas ay ihahagis sa hurno, gayon din bibihisan niya kayo, kung hindi kayo may kakaunting pananampalataya.

31 Kaya nga huwag kayong mag-alaala, sinasabing, Ano ang aming kakainin? o, Ano ang aming iinumun? o, Ano ang aming isusuot?

32 Sapagkat nalalaman ng inyong Ama sa langit na kailangan ninyo ang lahat ng bagay na ito.

33 Ngunit hanapin muna ninyo ang kaharian ng Diyos at ang kanyang kabutihan, at ang lahat ng bagay na ito ay idaragdag sa inyo.

No man can serve two masters; for either he will hate the one and love the other, or else he will hold to the one and despise the other. Ye cannot serve God and Mammon.

And now it came to pass that when Jesus had spoken these words he looked upon the twelve whom he had chosen, and said unto them: Remember the words which I have spoken. For behold, ye are they whom I have chosen to minister unto this people. Therefore I say unto you, take no thought for your life, what ye shall eat, or what ye shall drink; nor yet for your body, what ye shall put on. Is not the life more than meat, and the body than raiment?

Behold the fowls of the air, for they sow not, neither do they reap nor gather into barns; yet your heavenly Father feedeth them. Are ye not much better than they?

Which of you by taking thought can add one cubit unto his stature?

And why take ye thought for raiment? Consider the lilies of the field how they grow; they toil not, neither do they spin;

And yet I say unto you, that even Solomon, in all his glory, was not arrayed like one of these.

Wherefore, if God so clothe the grass of the field, which today is, and tomorrow is cast into the oven, even so will he clothe you, if ye are not of little faith.

Therefore take no thought, saying, What shall we eat? or, What shall we drink? or, Wherewithal shall we be clothed?

For your heavenly Father knoweth that ye have need of all these things.

But seek ye first the kingdom of God and his righteousness, and all these things shall be added unto you.

34 Kaya nga huwag kayong mag-alaala para sa bukas, sapagkat ang bukas ang mag-aalaala ng mga bagay para sa kanyang sarili. Sapat na ang araw sa kasamaan niyaon.

Take therefore no thought for the morrow, for the morrow shall take thought for the things of itself. Sufficient is the day unto the evil thereof.

### 3 Nephi 14

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, nang sabihin ni Jesus ang mga salitang ito ay bumaling siyang muli sa maraming tao, at binuksan niyang muli ang kanyang bibig sa kanila, sinasabing: Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, Huwag kayong hahatol, upang huwag kayong hatulan.
- 2 Sapagkat sa kahatulang ihahatol ninyo, kayo ay hahatulan, at sa panukat na isusukat ninyo, iyon ang ipanunukat na muli sa inyo.
- 3 At bakit mo minamasdan ang puwing na nasa mata ng iyong kapatid, ngunit hindi mo isinasaalang-alang ang tahilan na nasa iyong sariling mata?
- 4 O paano mo sasabihin sa iyong kapatid: Hayaan mong alisin ko ang puwing sa iyong mata—at masdan, isang tahilan ay nasa iyong sariling mata?
- 5 Ikaw na mapagkunwari, alisin mo muna ang tahilan na nasa sarili mong mata; at sa gayon malinaw mong makikita ang pag-aalis ng puwing sa mata ng iyong kapatid.
- 6 Huwag ninyong ibigay ang anumang banal sa mga aso, ni ihagis ang inyong mga perlas sa mga baboy, baka yurakan nila ang mga ito sa ilalim ng kanilang mga paa, at magbalik muli at lapain kayo.
- 7 Humingi, at iyon ay ibibigay sa inyo; maghanap, at kayo'y makasusumpong, kumatok, at kayo'y pagbubuksan.
- 8 Sapagkat ang bawat humihingi ay tumatanggap, at siya na naghahanap ay makasusumpong; at sa kanya na kumakatok, siya ay pagbubuksan.
- 9 O mayroon ba sa inyo, na kung humihingi ang anak ng tinapay, ay bibigyan siya ng bato?
- 10 O kung humingi siya ng isda, siya ba ay bibigyan niya ng ahas?
- 11 Kung kayo nga, bagama't masasama, ay alam kung paano magbigay ng mabubuting handog sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama na nasa langit na nagbibigay ng mabubuting bagay sa kanila na humihingi sa kanya?
- 12 Kaya nga, lahat ng bagay na nais ninyong gawin ng mga tao sa inyo, gayon ang gawin ninyo sa kanila, sapagkat ito ang batas at ang mga propeta.

### 3 Nephi 14

And now it came to pass that when Jesus had spoken these words he turned again to the multitude, and did open his mouth unto them again, saying: Verily, verily, I say unto you, Judge not, that ye be not judged.

For with what judgment ye judge, ye shall be judged; and with what measure ye mete, it shall be measured to you again.

And why beholdest thou the mote that is in thy brother's eye, but considerest not the beam that is in thine own eye?

Or how wilt thou say to thy brother: Let me pull the mote out of thine eye—and behold, a beam is in thine own eye?

Thou hypocrite, first cast the beam out of thine own eye; and then shalt thou see clearly to cast the mote out of thy brother's eye.

Give not that which is holy unto the dogs, neither cast ye your pearls before swine, lest they trample them under their feet, and turn again and rend you.

Ask, and it shall be given unto you; seek, and ye shall find; knock, and it shall be opened unto you.

For every one that asketh, receiveth; and he that seeketh, findeth; and to him that knocketh, it shall be opened.

Or what man is there of you, who, if his son ask bread, will give him a stone?

Or if he ask a fish, will he give him a serpent?

If ye then, being evil, know how to give good gifts unto your children, how much more shall your Father who is in heaven give good things to them that ask him?

Therefore, all things whatsoever ye would that men should do to you, do ye even so to them, for this is the law and the prophets.

- 13 Magsipasok kayo sa makipot na pasukan; sapagkat malapad ang pasukan, at malawak ang daan patungo sa pagkawasak, at marami ang papasok doon sa lugar na iyon;
- 14 Sapagkat makipot ang pasukan, at makitid ang daan, patungo sa buhay, at kakaunti ang nakasusumpong nito.
- 15 Mag-ingat kayo sa mga bulaang propeta, na lumalapit sa inyo na nakadamit tupa, ngunit sa loob ay lobong maninila.
- 16 Makikilala ninyo sila sa pamamagitan ng kanilang mga bunga. Ang mga tao ba ay namimitas ng mga ubas ng tinik, o mga igos ng dawagan?
- 17 Gayundin ang bawat mabuting punungkahoy ay nagbubunga ng mabuting bunga; ngunit ang masamang punungkahoy ay nagbubunga ng masamang bunga.
- 18 Ang mabuting punungkahoy ay hindi maaaring magbunga ng masamang bunga, ni ang masamang punungkahoy ay magbunga ng mabuting bunga.
- 19 Bawat punungkahoy na hindi nagbubunga ng mabuting bunga ay pinuputol, at inihahagis sa apoy.
- 20 Kaya nga, sa pamamagitan ng kanilang mga bunga ay makikilala ninyo sila.
- 21 Hindi lahat ng nagsasabi sa akin ng Panginoon, Panginoon, ay makapapasok sa kaharian ng langit; kundi siya na gumagawa ng kalooban ng aking Ama na nasa langit.
- 22 Marami ang magsasabi sa akin sa araw na yaon: Panginoon, Panginoon, hindi ba't kami ay nagpropesiya sa inyong pangalan, at sa inyong pangalan ay nagpalayas ng mga diyablo, at sa inyong pangalan ay gumawa ng maraming kamanghamanghang gawa?
- 23 At kung magkagayon ay ipahahayag ko sa kanila: Hindi ko kayo nakikilala; lumayo sa akin, kayong gumagawa ng masama.
- 24 Kaya nga, ang sinumang nakikinig ng mga salitang ito at ginagawa ang mga yaon, itutulad ko siya sa isang matalinong tao na nagtayo ng kanyang bahay sa ibabaw ng isang malaking bato—
- 25 At bumuhos ang ulan, at dumating ang baha, at umihip ang hangin, at humampas sa bahay na yaon; at iyon ay hindi bumagsak, sapagkat ito ay nakatayo sa ibabaw ng isang bato.
- Enter ye in at the strait gate; for wide is the gate, and broad is the way, which leadeth to destruction, and many there be who go in thereat;
- Because strait is the gate, and narrow is the way, which leadeth unto life, and few there be that find it.
- Beware of false prophets, who come to you in sheep's clothing, but inwardly they are ravening wolves.
- Ye shall know them by their fruits. Do men gather grapes of thorns, or figs of thistles?
- Even so every good tree bringeth forth good fruit; but a corrupt tree bringeth forth evil fruit.
- A good tree cannot bring forth evil fruit, neither a corrupt tree bring forth good fruit.
- Every tree that bringeth not forth good fruit is hewn down, and cast into the fire.
- Wherefore, by their fruits ye shall know them.
- Not every one that saith unto me, Lord, Lord, shall enter into the kingdom of heaven; but he that doeth the will of my Father who is in heaven.
- Many will say to me in that day: Lord, Lord, have we not prophesied in thy name, and in thy name have cast out devils, and in thy name done many wonderful works?
- And then will I profess unto them: I never knew you; depart from me, ye that work iniquity.
- Therefore, whoso heareth these sayings of mine and doeth them, I will liken him unto a wise man, who built his house upon a rock—
- And the rain descended, and the floods came, and the winds blew, and beat upon that house; and it fell not, for it was founded upon a rock.

26 At ang bawat isa na nakaririnig ng mga salita kong ito at hindi ito ginagawa ay itutulad ko sa isang taong hangal, na nagtayo ng kanyang bahay sa buhanginan—

27 At bumuhos ang ulan, at dumating ang baha, at umihip ang hangin, at humampas sa bahay na yaon; at iyon ay bumagsak, at malakas ang pagbagsak niyon.

And every one that heareth these sayings of mine and doeth them not shall be likened unto a foolish man, who built his house upon the sand—

And the rain descended, and the floods came, and the winds blew, and beat upon that house; and it fell, and great was the fall of it.

### 3 Nephi 15

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, nang matapos ni Jesus ang mga salitang ito, iginala niya ang kanyang mga paningin sa maraming tao, at sinabi sa kanila: Masdan, inyong narinig ang mga bagay na aking itinuro bago ako umakyat sa aking Ama; kaya nga, ang sinumang makatatanda ng mga salita ko at ginagawa ang mga yaon, siya ay ibabangon ko sa huling araw.
- 2 At ito ay nangyari na, nang sabihin ni Jesus ang mga salitang ito ay nahiwatigan niya na may ilan sa kanila na nanggigilalas, at namamangha kung ano ang gagawin niya hinggil sa mga batas ni Moises; sapagkat hindi nila nauunawaan ang sinabi na ang mga lumang bagay ay lumipas na, at lahat ng bagay ay naging bago.
- 3 At kanyang sinabi sa kanila: Huwag kayong manggilalas na sinabi ko sa inyo na ang mga lumang bagay ay lumipas na, at lahat ng bagay ay naging bago.
- 4 Masdan, sinasabi ko sa inyo na ang mga batas na ibinigay kay Moises ay natupad na.
- 5 Masdan, ako ang siyang nagbigay ng mga batas, at ako ang siyang nakipagtipan sa aking mga taong Israel; anupa't ang mga batas sa akin ay natupad na, sapagkat ako ay naparito upang tuparin ang mga batas; kaya nga iyon ay nagkaroon ng katapusan.
- 6 Masdan, hindi ko winawasak ang mga propeta, sapagkat kasindami ng hindi pa natutupad sa akin, katotohanang sinasabi ko sa inyo, lahat ay matutupad.
- 7 At sapagkat sinabi ko sa inyo na ang mga lumang bagay ay lumipas na, hindi ko winawasak yaong mga sinabi na hinggil sa mga bagay na darating.
- 8 Sapagkat masdan, ang tipan ko na ipinakipagtipan sa aking mga tao ay hindi pa natutupad na lahat; subalit ang mga batas na ibinigay kay Moises ay nagtapos sa akin.
- 9 Masdan, ako ang batas, at ang ilaw. Tumingin kayo sa akin, at magtiis hanggang wakas, at kayo ay mabubuhay; sapagkat siya na makapagtitii hanggang wakas ay bibigyan ko ng buhay na walang hanggan.

### 3 Nephi 15

And now it came to pass that when Jesus had ended these sayings he cast his eyes round about on the multitude, and said unto them: Behold, ye have heard the things which I taught before I ascended to my Father; therefore, whoso remembereth these sayings of mine and doeth them, him will I raise up at the last day.

And it came to pass that when Jesus had said these words he perceived that there were some among them who marveled, and wondered what he would concerning the law of Moses; for they understood not the saying that old things had passed away, and that all things had become new.

And he said unto them: Marvel not that I said unto you that old things had passed away, and that all things had become new.

Behold, I say unto you that the law is fulfilled that was given unto Moses.

Behold, I am he that gave the law, and I am he who covenanted with my people Israel; therefore, the law in me is fulfilled, for I have come to fulfil the law; therefore it hath an end.

Behold, I do not destroy the prophets, for as many as have not been fulfilled in me, verily I say unto you, shall all be fulfilled.

And because I said unto you that old things have passed away, I do not destroy that which hath been spoken concerning things which are to come.

For behold, the covenant which I have made with my people is not all fulfilled; but the law which was given unto Moses hath an end in me.

Behold, I am the law, and the light. Look unto me, and endure to the end, and ye shall live; for unto him that endureth to the end will I give eternal life.

10 Masdan, naibigay ko na sa inyo ang mga kautusan; samakatwid sundin ninyo ang aking mga kautusan. At ito ang batas at ang mga propeta, sapagkat tunay na sila ay nagpatotoo tungkol sa akin.

11 At ngayon ito ay nangyari na, nang sabihin ni Jesus ang mga salitang ito, sinabi niya sa labindalawang yaon na kanyang pinili:

12 Kayo ay aking mga disipulo; at kayo ay ilaw sa mga taong ito, na mga labi ng sambahayan ni Jose.

13 At masdan, ito ang lupaing inyong mana; at ibinigay ito ng Ama sa inyo.

14 At hindi sa alinmang panahon ang Ama ay nagbigay ng utos sa akin na nararapat sabihin ko iyon sa inyong mga kapatid sa Jerusalem.

15 Ni sa alinmang panahon ang Ama ay nagbigay sa akin ng utos na nararapat sabihin ko sa kanila hinggil sa iba pang lipi ng sambahayan ni Israel, na kung sino ay inakay ng Ama palabas ng lupain.

16 Ito lamang ang iniutos ng Ama sa akin na nararapat kong sabihin sa kanila:

17 Na mayroon akong ibang mga tupa na hindi sa kawang ito; sila ay dapat ko ring dalhin, at kanilang diringgin ang aking tinig; at magkakaroon ng isang kawan, at isang pastol.

18 At ngayon, dahil sa katigasan ng leeg at kawalang-paniniwala ay hindi nila naunawaan ang aking salita; kaya nga ako ay inutusan ng Ama na huwag nang magsalita pa hinggil sa bagay na ito sa kanila.

19 Ngunit katotohanan, sinasabi ko sa inyo na ang Ama ang nag-utos sa akin, at sinasabi ko ito sa inyo, na kayo ay nahiwalay sa kanila dahil sa kanilang kasamaan; anupa't dahil sa kanilang kasamaan kung kaya't wala silang nalalaman tungkol sa inyo.

20 At katotohanan, sinasabi ko sa inyong muli na ang iba pang mga lipi ay inihawalay ng Ama sa kanila; at dahil sa kanilang kasamaan kung kaya't hindi nila nalalaman ang tungkol sa kanila.

21 At katotohanang sinasabi ko sa inyo, na kayo yaong aking sinabi: Mayroon akong ibang mga tupa na hindi sa kawang ito; sila ay dapat ko ring dalhin, at kanilang diringgin ang aking tinig; at magkakaroon ng isang kawan, at isang pastol.

Behold, I have given unto you the commandments; therefore keep my commandments. And this is the law and the prophets, for they truly testified of me.

And now it came to pass that when Jesus had spoken these words, he said unto those twelve whom he had chosen:

Ye are my disciples; and ye are a light unto this people, who are a remnant of the house of Joseph.

And behold, this is the land of your inheritance; and the Father hath given it unto you.

And not at any time hath the Father given me commandment that I should tell it unto your brethren at Jerusalem.

Neither at any time hath the Father given me commandment that I should tell unto them concerning the other tribes of the house of Israel, whom the Father hath led away out of the land.

This much did the Father command me, that I should tell unto them:

That other sheep I have which are not of this fold; them also I must bring, and they shall hear my voice; and there shall be one fold, and one shepherd.

And now, because of stiffneckedness and unbelief they understood not my word; therefore I was commanded to say no more of the Father concerning this thing unto them.

But, verily, I say unto you that the Father hath commanded me, and I tell it unto you, that ye were separated from among them because of their iniquity; therefore it is because of their iniquity that they know not of you.

And verily, I say unto you again that the other tribes hath the Father separated from them; and it is because of their iniquity that they know not of them.

And verily I say unto you, that ye are they of whom I said: Other sheep I have which are not of this fold; them also I must bring, and they shall hear my voice; and there shall be one fold, and one shepherd.

22 At hindi nila ako naunawaan, sapagkat inakala nila na iyon ay ang mga Gentil; sapagkat hindi nila naunawaan na ang mga Gentil ay magbabalik-loob sa pamamagitan ng kanilang pangangaral.

23 At hindi nila ako naunawaan nang sinabi ko na kanilang maririnig ang aking tinig; at hindi nila ako naunawaan na ang mga Gentil ay hindi kailanman makaririnig ng aking tinig—na ako ay hindi magpapakilala ng aking sarili sa kanila maliban kung ito ay sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

24 Ngunit masdan, inyong narinig kapwa ang aking tinig at nakita ako; at kayo ay aking mga tupa, at kayo ay kabilang sa mga yaong ibinigay sa akin ng Ama.

And they understood me not, for they supposed it had been the Gentiles; for they understood not that the Gentiles should be converted through their preaching.

And they understood me not that I said they shall hear my voice; and they understood me not that the Gentiles should not at any time hear my voice—that I should not manifest myself unto them save it were by the Holy Ghost.

But behold, ye have both heard my voice, and seen me; and ye are my sheep, and ye are numbered among those whom the Father hath given me.



### 3 Nephi 16

- 1 At katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo na ako ay may iba pang tupa na hindi sa lupaing ito, ni sa lupain ng Jerusalem, ni saan mang mga dako ng lupain sa pali-paligid na akin nang napaglingkuran.
- 2 Sapagkat sila na aking tinutukoy ay silang mga hindi pa nakaririnig sa aking tinig; ni hindi ko kailan pa man naipakita ang aking sarili sa kanila.
- 3 Ngunit nakatanggap ako ng utos mula sa Ama na ako ay magtungo sa kanila, at pakikinggan nila ang aking tinig, at mapabilang sila sa aking mga tupa, upang magkaroon ng isang kawan at isang pastol; kaya nga, ako ay paroroon upang ipakita ang aking sarili sa kanila.
- 4 At ipinag-uutos ko sa inyo na isulat ninyo ang mga salitang ito kapag ako ay wala na, nang kung magkagayon na ang mga tao ko sa Jerusalem, silang nakakita na sa akin at nakapiling ko sa aking ministeryo, ay hindi humihiling sa Ama sa aking pangalan, na sila ay magkaroon ng kaalaman tungkol sa inyo, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, at tungkol din sa iba pang mga liping hindi nila kilala, na ang mga salitang ito na inyong isusulat ay iingatan at ipaalam sa mga Gentil upang sa pamamagitan ng kaganapan ng mga Gentil, ang labi sa kanilang mga binhi, na kakalat kung saan-saang dako sa balat ng lupa dahil sa kawalan nila ng paniniwala, ay mapasanib o madala sa kaalaman tungkol sa akin, na kanilang Manunubos.
- 5 At pagkatapos sila ay titipunin ko mula sa apat na sulok ng mundo; at pagkatapos ay tutuparin ko ang ipinakitangtipan ng Ama sa lahat ng tao sa sambahayan ni Israel.
- 6 At pagpapalain ang mga Gentil, dahil sa kanilang paniniwala sa akin, at sa Espiritu Santo, na siyang nagpapatotoo sa kanila tungkol sa akin at sa Ama.
- 7 Masdan, dahil sa kanilang paniniwala sa akin, wika ng Ama, at dahil sa inyong kawalang-paniniwala, O sambahayan ni Israel, sa huling araw ay ipahahayag ang katotohanan sa mga Gentil, upang ang kaganapan ng mga bagay na ito ay maipalam sa kanila.

### 3 Nephi 16

And verily, verily, I say unto you that I have other sheep, which are not of this land, neither of the land of Jerusalem, neither in any parts of that land round about whither I have been to minister.

For they of whom I speak are they who have not as yet heard my voice; neither have I at any time manifested myself unto them.

But I have received a commandment of the Father that I shall go unto them, and that they shall hear my voice, and shall be numbered among my sheep, that there may be one fold and one shepherd; therefore I go to show myself unto them.

And I command you that ye shall write these sayings after I am gone, that if it so be that my people at Jerusalem, they who have seen me and been with me in my ministry, do not ask the Father in my name, that they may receive a knowledge of you by the Holy Ghost, and also of the other tribes whom they know not of, that these sayings which ye shall write shall be kept and shall be manifested unto the Gentiles, that through the fulness of the Gentiles, the remnant of their seed, who shall be scattered forth upon the face of the earth because of their unbelief, may be brought in, or may be brought to a knowledge of me, their Redeemer.

And then will I gather them in from the four quarters of the earth; and then will I fulfil the covenant which the Father hath made unto all the people of the house of Israel.

And blessed are the Gentiles, because of their belief in me, in and of the Holy Ghost, which witnesses unto them of me and of the Father.

Behold, because of their belief in me, saith the Father, and because of the unbelief of you, O house of Israel, in the latter day shall the truth come unto the Gentiles, that the fulness of these things shall be made known unto them.

8 Ngunit sa aba nila, wika ng Ama, sa kawalangpaniniwala ng mga Gentil—sapagkat sa kabila nang sila ay naparito sa ibabaw ng lupaing ito, at naikalat ang aking mga tao na kabilang sa sambahayan ni Israel; at ang aking mga tao na kabilang sa sambahayan ni Israel ay itinaboy mula sa kanila at niyurakan sa ilalim ng mga paa nila.

9 At dahil sa awa ng Ama sa mga Gentil, at gayon din sa mga kahatulan ng Ama sa aking mga tao na kabilang sa sambahayan ni Israel, katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, na pagkatapos ng lahat ng ito, at pinapangyari ko na ang aking mga tao, na kabilang sa sambahayan ni Israel na bagabagin, at pahirapan, at patayin, at itaboy mula sa kanila, at kanilang kapootan, at naging bulungbulungan at bukambibig sa kanila—

10 At sa gayon iniutos ng Ama na sabihin ko sa inyo: Sa araw na yaon na ang mga Gentil ay magkasala laban sa aking ebanghelyo, at tatanggihan ang kabuuan ng aking ebanghelyo, at iaangat sa kapalaluan ang kanilang mga puso nang higit pa sa lahat ng bansa, at higit pa sa lahat ng tao sa buong mundo, at mapupuspos ng lahat ng uri ng kasinungalingan, at mga panlilinlang, at kalokohan, at lahat ng uri ng pagkukunwari, at mga pagpaslang, at huwad na pagkasaserdote, at pagpapatutot, at lihim na karumal-dumal na gawain, at kung kanilang gagawin ang lahat ng bagay na yaon, at tatanggihan ang kabuuan ng aking ebanghelyo, masdan, wika ng Ama, dadalhin ko ang kabuuan ng aking ebanghelyo magmula sa kanila.

11 At kung magkagayon, aalalahanin ko ang aking tipan na aking ginawa sa aking mga tao, O sambahayan ni Israel, at aking dadalhin ang aking ebanghelyo sa kanila.

12 At ipakikita ko sa inyo, O sambahayan ni Israel, na ang mga Gentil ay hindi magkakaroon ng kapangyarihan sa inyo; kundi aking aalalahanin ang aking tipan sa inyo, O sambahayan ni Israel, at kayo'y magkakaroon ng kaalaman ng kabuuan ng aking ebanghelyo.

13 Ngunit kung ang mga Gentil ay magsisisi at magbabalik sa akin, wika ng Ama, masdan, sila ay mapapabilang sa aking mga tao, O sambahayan ni Israel.

But wo, saith the Father, unto the unbelieving of the Gentiles—for notwithstanding they have come forth upon the face of this land, and have scattered my people who are of the house of Israel; and my people who are of the house of Israel have been cast out from among them, and have been trodden under feet by them;

And because of the mercies of the Father unto the Gentiles, and also the judgments of the Father upon my people who are of the house of Israel, verily, verily, I say unto you, that after all this, and I have caused my people who are of the house of Israel to be smitten, and to be afflicted, and to be slain, and to be cast out from among them, and to become hated by them, and to become a hiss and a byword among them—

And thus commandeth the Father that I should say unto you: At that day when the Gentiles shall sin against my gospel, and shall reject the fulness of my gospel, and shall be lifted up in the pride of their hearts above all nations, and above all the people of the whole earth, and shall be filled with all manner of lyings, and of deceits, and of mischiefs, and all manner of hypocrisy, and murders, and priestcrafts, and whoredoms, and of secret abominations; and if they shall do all those things, and shall reject the fulness of my gospel, behold, saith the Father, I will bring the fulness of my gospel from among them.

And then will I remember my covenant which I have made unto my people, O house of Israel, and I will bring my gospel unto them.

And I will show unto thee, O house of Israel, that the Gentiles shall not have power over you; but I will remember my covenant unto you, O house of Israel, and ye shall come unto the knowledge of the fulness of my gospel.

But if the Gentiles will repent and return unto me, saith the Father, behold they shall be numbered among my people, O house of Israel.

14 At hindi ko pahihintulutan ang aking mga tao, na kabilang sa sambahayan ni Israel, na makasalamuha nila at yurakan sila, wika ng Ama.

15 Datapwat kung hindi sila magbabalik sa akin, at makikinig sa aking tinig, pahihintulutan ko sila, oo, pahihintulutan ko ang aking mga tao, O sambahayan ni Israel, na makasalamuha nila, at yuyurakan sila, at sila'y magiging mistulang asin na nawalan ng lasa, na kung magkagayon ay wala nang kabuluhan kundi ang itapon at yapakan sa ilalim ng paa ng aking mga tao, O sambahayan ni Israel.

16 Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, ganoon ako inutusan ng Ama—na dapat kong ibigay sa mga taong ito ang lupaing ito bilang kanilang mana.

17 At pagkatapos, ang mga salita ng propetang si Isaias ay matutupad, sinasabing:

18 Ang inyong mga tagabantay ay magtataas ng tinig; sa pamamagitan ng magkakasamang tinig sila ay aawit, sapagkat kanilang makikita nang mata sa mata kung kailan ibabalik na muli ng Panginoon ang Sion.

19 Magpakagalak, magsiawit nang magkakasama, kayong mga nawasak na dako ng Jerusalem; sapagkat inaliw ng Panginoon ang kanyang mga tao, tinubos niya ang Jerusalem.

20 Ipinakita ng Panginoon ang kanyang banal na bisig sa paningin ng lahat ng bansa; at lahat ng dulo ng mundo ay makakikita sa pagliligtas ng Diyos.

And I will not suffer my people, who are of the house of Israel, to go through among them, and tread them down, saith the Father.

But if they will not turn unto me, and hearken unto my voice, I will suffer them, yea, I will suffer my people, O house of Israel, that they shall go through among them, and shall tread them down, and they shall be as salt that hath lost its savor, which is thenceforth good for nothing but to be cast out, and to be trodden under foot of my people, O house of Israel.

Verily, verily, I say unto you, thus hath the Father commanded me—that I should give unto this people this land for their inheritance.

And then the words of the prophet Isaiah shall be fulfilled, which say:

Thy watchmen shall lift up the voice; with the voice together shall they sing, for they shall see eye to eye when the Lord shall bring again Zion.

Break forth into joy, sing together, ye waste places of Jerusalem; for the Lord hath comforted his people, he hath redeemed Jerusalem.

The Lord hath made bare his holy arm in the eyes of all the nations; and all the ends of the earth shall see the salvation of God.

### 3 Nephi 17

- 1 Masdan, ngayon ito ay nangyari na, nang sabihin ni Jesus ang mga salitang ito, muli niyang nilibot ng tingin ang maraming tao at kanyang sinabi sa kanila: Masdan, ang oras ko ay nalalapit na.
- 2 Nahihiwatigan ko na kayo ay mahihina, na hindi ninyo nauunawaan ang lahat ng salitang inuutos sa akin ng Ama na sabihin sa inyo sa panahong ito.
- 3 Kaya nga, magsiuwi kayo sa inyong mga tahanan, at bulay-bulayin ang mga bagay na aking sinabi, at tanungin ang Ama, sa aking pangalan, upang kayo'y makaunawa, at ihanda ang inyong mga isip para sa kinabukasan, at ako ay paparitong muli sa inyo.
- 4 Ngunit ngayon, ako ay paroroon sa Ama, at ipakikita rin ang aking sarili sa nawawalang lipi ni Israel, sapagkat sila ay hindi nawawala sa Ama, sapagkat alam niya kung saan niya dinala sila.
- 5 At ito ay nangyari na, nang makapagsalita nang gayon si Jesus, muli niyang iginalang kanyang mga paningin sa maraming tao, at namasdan na sila ay luhaan, at nakatitig sa kanya na waring kanilang hinihiling sa kanya na magtagal pa nang kaunti sa kanila.
- 6 At kanyang sinabi sa kanila: Masdan, ang aking sisidlan ay puspos ng pagkahabag sa inyo.
- 7 Mayroon bang maykaramdaman sa inyo? Dalhin sila rito. Mayroon ba sa inyong pilay, o bulag, o lumpo, o baldado, o ketongin, o mga may dinaramdam, o yaong mga bingi, o yaong mga nahihirapan sa anumang dahilan? Dalhin sila rito at akin silang pagagalingin, sapagkat ako ay nahahabag sa inyo; ang aking sisidlan ay puspos ng awa.
- 8 Sapagkat nahihiwatigan ko na nais ninyong ipakita ko sa inyo ang ginawa ko sa inyong mga kapatid sa Jerusalem, sapagkat nakikita ko na sapat ang inyong pananampalataya upang kayo ay pagalingin ko.
- 9 At ito ay nangyari na, nang siya ay makapagsalita nang gayon, lahat ng tao, ay magkakaayong humayo kasama ang kanilang maykaramdaman at mga nahihirapan, at kanilang mga lumpo, at kasama ang kanilang mga bulag, at kasama ang kanilang mga pipi, at ang lahat sa kanila na nahihirapan sa anumang dahilan; at pinagaling niya ang bawat isa sa kanila na dinala sa kanya.

### 3 Nephi 17

Behold, now it came to pass that when Jesus had spoken these words he looked round about again on the multitude, and he said unto them: Behold, my time is at hand.

I perceive that ye are weak, that ye cannot understand all my words which I am commanded of the Father to speak unto you at this time.

Therefore, go ye unto your homes, and ponder upon the things which I have said, and ask of the Father, in my name, that ye may understand, and prepare your minds for the morrow, and I come unto you again.

But now I go unto the Father, and also to show myself unto the lost tribes of Israel, for they are not lost unto the Father, for he knoweth whither he hath taken them.

And it came to pass that when Jesus had thus spoken, he cast his eyes round about again on the multitude, and beheld they were in tears, and did look steadfastly upon him as if they would ask him to tarry a little longer with them.

And he said unto them: Behold, my bowels are filled with compassion towards you.

Have ye any that are sick among you? Bring them hither. Have ye any that are lame, or blind, or halt, or maimed, or leprous, or that are withered, or that are deaf, or that are afflicted in any manner? Bring them hither and I will heal them, for I have compassion upon you; my bowels are filled with mercy.

For I perceive that ye desire that I should show unto you what I have done unto your brethren at Jerusalem, for I see that your faith is sufficient that I should heal you.

And it came to pass that when he had thus spoken, all the multitude, with one accord, did go forth with their sick and their afflicted, and their lame, and with their blind, and with their dumb, and with all them that were afflicted in any manner; and he did heal them every one as they were brought forth unto him.

- 10 At lahat sila, kapwa sila na mga napagaling at sila na mga walang sakit, ay yumukod sa kanyang paanan, at sinamba siya; at kasindami ng nakalapit sa maraming tao ay humalik sa kanyang mga paa, kung kaya nga't napaliguan nila ng kanilang mga luha ang kanyang mga paa.
- 11 At ito ay nangyari na, na kanyang iniutos na ang kanilang maliliit na anak ay ilapit.
- 12 Kaya inilapit nila ang kanilang maliliit na anak at inilapag sa lupa na nakapalibot sa kanya, at si Jesus ay tumayo sa gitna; at ang maraming tao ay nagbigay-daan hanggang sa ang lahat ay madala sa kanya.
- 13 At ito ay nangyari na, nang madala na ang lahat, at si Jesus ay nakatayo sa gitna, kanyang inutusan ang maraming tao na sila ay lumuhod sa lupa.
- 14 At ito ay nangyari na, nang sila ay nakaluhod na sa lupa, si Jesus ay naghinagpis sa kanyang sariling kalooban at nagsabi: Ama, ako ay nababahala dahil sa kasamaan ng mga tao ng sambahayan ni Israel.
- 15 At nang sabihin niya ang mga salitang ito, siya rin naman ay lumuhod din sa lupa; at masdan, siya ay nanalangin sa Ama, at ang mga bagay na kanyang idinalangin ay hindi maaaring isulat, at ang maraming tao ay nagpatotoo na mga nakarinig sa kanya.
- 16 At sa ganitong pamamaraan sila nagpatotoo: Kailanman ay hindi pa nakita ng mata, ni narinig ng tainga, ang gayong kadakila at mga kagila-gilalas na bagay na aming nakita at narinig na winika ni Jesus sa Ama;
- 17 At walang dilang maaaring bumigkas, ni maaaring isulat ng sinumang tao, ni maaaring maunawaan ng puso ng mga tao ang gayong kadakila at mga kagila-gilalas na bagay kagaya ng kapwa namin nakita at narinig na winika ni Jesus; at walang sinumang makauunawa sa kagalakang pumuspos sa aming mga kaluluwa sa panahong narinig namin siyang nanalangin sa Ama para sa amin.
- 18 At ito ay nangyari na, nang matapos si Jesus sa panalangin sa Ama, siya ay tumayo; ngunit napakalaki ng kagalakan ng maraming tao kung kaya't sila ay nadaig.

And they did all, both they who had been healed and they who were whole, bow down at his feet, and did worship him; and as many as could come for the multitude did kiss his feet, insomuch that they did bathe his feet with their tears.

And it came to pass that he commanded that their little children should be brought.

So they brought their little children and set them down upon the ground round about him, and Jesus stood in the midst; and the multitude gave way till they had all been brought unto him.

And it came to pass that when they had all been brought, and Jesus stood in the midst, he commanded the multitude that they should kneel down upon the ground.

And it came to pass that when they had knelt upon the ground, Jesus groaned within himself, and said: Father, I am troubled because of the wickedness of the people of the house of Israel.

And when he had said these words, he himself also knelt upon the earth; and behold he prayed unto the Father, and the things which he prayed cannot be written, and the multitude did bear record who heard him.

And after this manner do they bear record: The eye hath never seen, neither hath the ear heard, before, so great and marvelous things as we saw and heard Jesus speak unto the Father;

And no tongue can speak, neither can there be written by any man, neither can the hearts of men conceive so great and marvelous things as we both saw and heard Jesus speak; and no one can conceive of the joy which filled our souls at the time we heard him pray for us unto the Father.

And it came to pass that when Jesus had made an end of praying unto the Father, he arose; but so great was the joy of the multitude that they were overcome.

19 At ito ay nangyari na, na si Jesus ay nangusap sa kanila, at inutusan silang tumayo.

20 At sila ay tumayo mula sa lupa, at winika niya sa kanila: Pinagpala kayo dahil sa inyong pananampalataya. At ngayon masdan, ang aking kagalakan ay lubos.

21 At nang sabihin niya ang mga salitang ito, siya ay tumangis, at ang maraming tao ay nagpatotoo nito, at kinuha ang kanilang maliliit na anak, isa-isa, at binasbasan sila, at nanalangin sa Ama para sa kanila.

22 At nang magawa na niya ito, siya ay muling tumangis;

23 At nangusap siya sa maraming tao, at sinabi sa kanila: Masdan ang inyong mga musmos.

24 At nang sila ay tumingin upang pagmasdan ay itinuon nila ang kanilang mga paningin sa langit, at kanilang nakitang bumukas ang kalangitan, at nakita nila ang mga anghel na bumababa mula sa langit na parang ito ay nasa gitna ng apoy; at sila ay bumaba at pinalibutan yaong mga musmos, at sila ay napalibutan ng apoy; at ang mga anghel ay naglingkod sa kanila.

25 At ang maraming tao ay nakakita at nakarinig at nagpatotoo; at alam nila na ang kanilang patotoo ay totoo sapagkat lahat sila ay nakakita at nakarinig, bawat tao para sa kanyang sarili; at ang kanilang bilang ay may mga dalawang libo at limang daang katao; at sila ay binubuo ng mga kalalakihan, kababaihan, at bata.

And it came to pass that Jesus spake unto them, and bade them arise.

And they arose from the earth, and he said unto them: Blessed are ye because of your faith. And now behold, my joy is full.

And when he had said these words, he wept, and the multitude bare record of it, and he took their little children, one by one, and blessed them, and prayed unto the Father for them.

And when he had done this he wept again;

And he spake unto the multitude, and said unto them: Behold your little ones.

And as they looked to behold they cast their eyes towards heaven, and they saw the heavens open, and they saw angels descending out of heaven as it were in the midst of fire; and they came down and encircled those little ones about, and they were encircled about with fire; and the angels did minister unto them.

And the multitude did see and hear and bear record; and they know that their record is true for they all of them did see and hear, every man for himself; and they were in number about two thousand and five hundred souls; and they did consist of men, women, and children.

### 3 Nephi 18

- 1 At ito ay nangyari na, na inutusan ni Jesus ang kanyang mga disipulo na sila ay magdala ng ilang tinapay at alak sa kanya.
- 2 At habang sila ay wala upang kumuha ng tinapay at alak, inutusan niya ang maraming tao na sila ay magsiupo sa lupa.
- 3 At nang dumating ang mga disipulo na may dalang tinapay at alak, kinuha niya ang tinapay at pinagputul-putol at binasbasan ito; at kanyang ibinigay sa mga disipulo at iniutos na sila ay kumain.
- 4 At nang sila ay nakakain at nabusog, kanyang iniutos na kanilang nararapat bigyan ang maraming tao.
- 5 At nang ang maraming tao ay nakakain at nabusog, kanyang sinabi sa mga disipulo: Masdan, magkakaroon ng isang oordenan sa inyo, at sa kanya ibibigay ko ang kapangyarihang pagputul-putulin ang tinapay at basbasan ito at ibigay ito sa mga tao ng aking simbahan, sa lahat ng yaong maniniwala at magpapabinyag sa aking pangalan.
- 6 At ito ay lagi ninyong gagawin, maging katulad ng aking ginawa, maging katulad ng pagputul-putol ko ng tinapay at binasbasan ito at ibinigay ito sa inyo.
- 7 At ito ay gagawin ninyo sa pag-alaala sa aking katawan, na ipinakita ko sa inyo. At ito ay magiging patotoo sa Ama na lagi ninyo akong naaalaala. At kung lagi ninyo akong aalalahanin ang aking Espiritu ay mapapasainyo.
- 8 At ito ay nangyari na, nang sabihin niya ang mga salitang ito, inutusan niya ang kanyang mga disipulo na kanilang kunin ang alak sa saro at inumin ito, at kanila ring nararapat bigyan ang maraming tao upang sila rin ay makainom nito.
- 9 At ito ay nangyari na, na ginawa nila ang gayon, at sila ay uminom nito at nabusog; at kanilang ibinigay sa maraming tao, at sila ay uminom, at sila ay nabusog.
- 10 At nang magawa na ito ng mga disipulo, sinabi ni Jesus sa kanila: Pinagpala kayo sa bagay na ito na inyong ginawa, sapagkat ito ay pagtupad sa aking mga kautusan, at ito ang sumasaksi sa Ama na kayo ay nahahandang gawin ang yaong iniutos ko sa inyo.

### 3 Nephi 18

And it came to pass that Jesus commanded his disciples that they should bring forth some bread and wine unto him.

And while they were gone for bread and wine, he commanded the multitude that they should sit themselves down upon the earth.

And when the disciples had come with bread and wine, he took of the bread and brake and blessed it; and he gave unto the disciples and commanded that they should eat.

And when they had eaten and were filled, he commanded that they should give unto the multitude.

And when the multitude had eaten and were filled, he said unto the disciples: Behold there shall one be ordained among you, and to him will I give power that he shall break bread and bless it and give it unto the people of my church, unto all those who shall believe and be baptized in my name.

And this shall ye always observe to do, even as I have done, even as I have broken bread and blessed it and given it unto you.

And this shall ye do in remembrance of my body, which I have shown unto you. And it shall be a testimony unto the Father that ye do always remember me. And if ye do always remember me ye shall have my Spirit to be with you.

And it came to pass that when he said these words, he commanded his disciples that they should take of the wine of the cup and drink of it, and that they should also give unto the multitude that they might drink of it.

And it came to pass that they did so, and did drink of it and were filled; and they gave unto the multitude, and they did drink, and they were filled.

And when the disciples had done this, Jesus said unto them: Blessed are ye for this thing which ye have done, for this is fulfilling my commandments, and this doth witness unto the Father that ye are willing to do that which I have commanded you.

- 11 At ito ay lagi ninyong gagawin sa mga yaong nagsisisi at nabinyagan sa aking pangalan; at gagawin ninyo ito sa pag-alaala sa aking dugo, na aking pinabuhos para sa inyo, upang kayo ay sumaksi sa Ama na lagi ninyo akong naaalaala. At kung lagi ninyo akong aalalahanin ang aking Espiritu ay mapapasainyo.
- 12 At ibinibigay ko sa inyo ang kautusan na gawin ninyo ang mga bagay na ito. At kung lagi ninyong gagawin ang mga bagay na ito ay pinagpala kayo, sapagkat kayo ay nakatayo sa aking bato.
- 13 Ngunit sinuman sa inyo ang gagawa ng labis o kulang kaysa rito ay hindi nakatayo sa aking bato, kundi nakatayo sa saligang buhangin; at kapag bumuhos ang ulan, at ang mga baha ay dumating, at ang hangin ay umihip, at humampas sa kanila, sila ay babagsak, at ang mga pasukan ng impiyerno ay nakahandang bukas upang tanggapin sila.
- 14 Anupa't pinagpala kayo kung susundin ninyo ang aking mga kautusan, na iniutos ng Ama sa akin na nararapat kong ibigay sa inyo.
- 15 Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, kinakailangan kayong mag-ingat at laging manalangin, na baka kayo ay matukso ng diyablo, at maakay niya kayong palayo na bihag niya.
- 16 At katulad ng aking naipanalangin sa inyo maging sa gayon kayo ay manalangin sa aking simbahan, sa aking mga tao na nagsisisi at nagpabinyag sa aking pangalan. Masdan, ako ang ilaw; ipinakita ko ang isang halimbawa sa inyo.
- 17 At ito ay nangyari na, nang sabihin ni Jesus ang mga salitang ito sa kanyang mga disipulo, muli siyang humarap sa maraming tao at sinabi sa kanila:
- 18 Masdan, katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, na kinakailangan kayong mag-ingat at laging manalangin na baka kayo ay madala sa tukso; sapagkat nais ni Satanas na kayo ay maging kanya, upang matahip niya kayo na katulad ng trigo.
- 19 Kaya nga, kinakailangan na lagi kayong manalangin sa Ama sa aking pangalan;
- 20 At anuman ang hingin ninyo sa Ama sa aking pangalan, na tama, naniniwalang inyong tatanggapin, masdan, ipagkakaloob ito sa inyo.

And this shall ye always do to those who repent and are baptized in my name; and ye shall do it in remembrance of my blood, which I have shed for you, that ye may witness unto the Father that ye do always remember me. And if ye do always remember me ye shall have my Spirit to be with you.

And I give unto you a commandment that ye shall do these things. And if ye shall always do these things blessed are ye, for ye are built upon my rock.

But whoso among you shall do more or less than these are not built upon my rock, but are built upon a sandy foundation; and when the rain descends, and the floods come, and the winds blow, and beat upon them, they shall fall, and the gates of hell are ready open to receive them.

Therefore blessed are ye if ye shall keep my commandments, which the Father hath commanded me that I should give unto you.

Verily, verily, I say unto you, ye must watch and pray always, lest ye be tempted by the devil, and ye be led away captive by him.

And as I have prayed among you even so shall ye pray in my church, among my people who do repent and are baptized in my name. Behold I am the light; I have set an example for you.

And it came to pass that when Jesus had spoken these words unto his disciples, he turned again unto the multitude and said unto them:

Behold, verily, verily, I say unto you, ye must watch and pray always lest ye enter into temptation; for Satan desireth to have you, that he may sift you as wheat.

Therefore ye must always pray unto the Father in my name;

And whatsoever ye shall ask the Father in my name, which is right, believing that ye shall receive, behold it shall be given unto you.



21 Manalangin kayo sa inyong mag-anak sa Ama, lagi sa aking pangalan, nang ang inyong mga asawa at inyong mga anak ay pagpalain.

22 At masdan, kayo ay magtipun-tipon nang madalas; at huwag ninyong pagbabawalan ang sinumang tao mula sa pagsama sa inyo kung kayo ay nagkakatipong magkakasama, kundi pahintulutan ninyo na sila ay sumama sa inyo at huwag ninyo silang pagbawalan.

23 Sa halip kayo ay manalangin para sa kanila, at huwag silang itataboy; at kung mangyayari na sila ay sasama sa inyo nang madalas, ipanalangin ninyo sila sa Ama, sa aking pangalan.

24 Samakatwid, itaas ninyo ang inyong ilawan upang ito ay magliwanag sa sanlibutan. Masdan, ako ang ilaw na inyong itataas—yaong kung alin ay nakita ninyong aking ginawa. Masdan, nakita ninyo na ako ay nanalangin sa Ama, at lahat kayo ay nakasaksi.

25 At nakita ninyong iniutos ko na walang isa man sa inyo ang umalis, kundi iniutos ko na kayo ay lumapit sa akin, nang inyong madama at makita; maging gayon din ang inyong gagawin sa sanlibutan; at sinuman ang lalabag sa kautusang ito ay pinahihintulutan ang kanyang sarili na maakay sa tukso.

26 At ngayon, ito ay nangyari na, nang sabihin ni Jesus ang mga salitang ito, muli siyang tumingin sa mga disipulo na kanyang pinili, at sinabi sa kanila:

27 Masdan, katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, binibigyan ko kayo ng isa pang kautusan, at pagkatapos ako ay paroroon na sa aking Ama upang matupad ko ang iba pang mga kautusang ibinigay niya sa akin.

28 At ngayon masdan, ito ang kautusang ibinibigay ko sa inyo, na huwag ninyong pahihintulutang sadyang bumahagi ng aking laman at dugo ang sinuman na hindi karapat-dapat, kapag inyong ihahain ito;

29 Sapagkat sinuman ang kumain at uminom ng aking laman at dugo nang hindi karapat-dapat ay kumakain at umiinom ng kapahamakan sa kanyang kaluluwa; anupa't kung nalalaman ninyo na ang isang tao ay hindi karapat-dapat kumain at uminom ng aking laman at dugo, pagbawalan ninyo siya.

Pray in your families unto the Father, always in my name, that your wives and your children may be blessed.

And behold, ye shall meet together oft; and ye shall not forbid any man from coming unto you when ye shall meet together, but suffer them that they may come unto you and forbid them not;

But ye shall pray for them, and shall not cast them out; and if it so be that they come unto you oft ye shall pray for them unto the Father, in my name.

Therefore, hold up your light that it may shine unto the world. Behold I am the light which ye shall hold up—that which ye have seen me do. Behold ye see that I have prayed unto the Father, and ye all have witnessed.

And ye see that I have commanded that none of you should go away, but rather have commanded that ye should come unto me, that ye might feel and see; even so shall ye do unto the world; and whosoever breaketh this commandment suffereth himself to be led into temptation.

And now it came to pass that when Jesus had spoken these words, he turned his eyes again upon the disciples whom he had chosen, and said unto them:

Behold verily, verily, I say unto you, I give unto you another commandment, and then I must go unto my Father that I may fulfil other commandments which he hath given me.

And now behold, this is the commandment which I give unto you, that ye shall not suffer any one knowingly to partake of my flesh and blood unworthily, when ye shall minister it;

For whoso eateth and drinketh my flesh and blood unworthily eateth and drinketh damnation to his soul; therefore if ye know that a man is unworthy to eat and drink of my flesh and blood ye shall forbid him.

- 30 Gayunpaman, huwag ninyo siyang itataboy palabas mula sa inyo, kundi inyong paglilingkuran siya at mananalangin para sa kanya sa Ama, sa aking pangalan; at kung mangyayari na siya ay magsisi at mabinyagan sa aking pangalan, sa gayon siya ay tatanggapin ninyo, at ihahain sa kanya ang aking laman at dugo.
- 31 Ngunit kung hindi siya magsisisi siya ay hindi mabibilang sa aking mga tao, upang hindi niya malipol ang aking mga tao, sapagkat masdan, kilala ko ang aking mga tupa, at sila ay bilang.
- 32 Gayunpaman, huwag ninyo siyang itataboy palabas ng inyong mga sinagoga, o sa inyong mga pook ng sambahan, sapagkat sa mga yaon kayo ay patuloy na maglilingkod; sapagkat hindi ninyo alam kung sila ay magbabalik at magsisisi, at lalapit sa akin nang may buong layunin ng puso, at pagagalingin ko sila; at kayo ang magiging daan ng pagdadala ng kaligtasan sa kanila.
- 33 Samakatwid, sundin ang mga salitang ito na iniutos ko sa inyo upang kayo ay huwag mapasailalim sa sumpa; sapagkat sa aba niya na susumpain ng Ama.
- 34 At ibinibigay ko sa inyo ang mga kautusang ito dahil sa mga pagtatalo na nasa inyo. At pinagpala kayo kung kayo ay walang pagtatalo sa inyo.
- 35 At ngayon, ako ay paroroon sa Ama, sapagkat nararapat na ako ay pumaroon sa Ama alang-alang sa inyo.
- 36 At ito ay nangyari na, nang matapos na si Jesus sa mga pananalitang ito, hinawakan niya ng kanyang kamay ang mga disipulo na kanyang pinili, isa-isa, maging hanggang sa mahawakan niya silang lahat, at nagsalita sa kanila habang kanyang hawak sila.
- 37 At hindi narinig ng maraming tao ang mga salitang kanyang winika, kaya nga, hindi sila nakapagpatotoo; ngunit ang mga disipulo ay nagpatotoo na kanyang ibinigay sa kanila ang kapangyarihan na magkaloob ng Espiritu Santo. At ipakikita ko sa inyo pagkaraan nito na ang patotoong ito ay totoo.
- 38 At ito ay nangyari na, nang matapos mahawakan silang lahat ni Jesus, ay nagkaroon ng ulap at lumilim sa maraming tao kung kaya't hindi nila makita si Jesus.

Nevertheless, ye shall not cast him out from among you, but ye shall minister unto him and shall pray for him unto the Father, in my name; and if it so be that he repenteth and is baptized in my name, then shall ye receive him, and shall minister unto him of my flesh and blood.

But if he repent not he shall not be numbered among my people, that he may not destroy my people, for behold I know my sheep, and they are numbered.

Nevertheless, ye shall not cast him out of your synagogues, or your places of worship, for unto such shall ye continue to minister; for ye know not but what they will return and repent, and come unto me with full purpose of heart, and I shall heal them; and ye shall be the means of bringing salvation unto them.

Therefore, keep these sayings which I have commanded you that ye come not under condemnation; for wo unto him whom the Father condemneth.

And I give you these commandments because of the disputations which have been among you. And blessed are ye if ye have no disputations among you.

And now I go unto the Father, because it is expedient that I should go unto the Father for your sakes.

And it came to pass that when Jesus had made an end of these sayings, he touched with his hand the disciples whom he had chosen, one by one, even until he had touched them all, and spake unto them as he touched them.

And the multitude heard not the words which he spake, therefore they did not bear record; but the disciples bare record that he gave them power to give the Holy Ghost. And I will show unto you hereafter that this record is true.

And it came to pass that when Jesus had touched them all, there came a cloud and overshadowed the multitude that they could not see Jesus.

39 At habang sila ay nalililiman, siya ay lumisan mula sa kanila, at umakyat sa langit. At nakita ng mga disipulo at nagpatotoo na siya ay muling umakyat sa langit.

And while they were overshadowed he departed from them, and ascended into heaven. And the disciples saw and did bear record that he ascended again into heaven.

### 3 Nephi 19

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, nang si Jesus ay nakaakyat na sa langit, ang maraming tao ay naghiwa-hiwalay, at ang bawat lalaki ay ipinagsama ang kanyang asawa at mga anak at nagsibalik sa kani-kanilang sariling tahanan.
- 2 At ito ay maingay na kumalat kaagad sa mga tao, bago pa nagdilim, na nakita ng maraming tao si Jesus, at siya ay naglingkod sa kanila, at muli siyang magpapakita kinabukasan sa maraming tao.
- 3 Oo, at maging sa buong magdamag ay maingay na kumalat ang hinggil kay Jesus; at hanggang sa sila ay nagpasabi sa mga tao kung kaya't marami, oo, lubhang napakalaki ng bilang, ang nagpagal nang labis sa buong magdamag na yaon, upang sa kinabukasan sila ay naroroon sa pook kung saan ipinakita ni Jesus ang sarili sa maraming tao.
- 4 At ito ay nangyari na, na kinabukasan, nang ang maraming tao ay nagkakatipong magkakasama, masdan, si Nephi at ang kanyang kapatid na kanyang ibinangon mula sa patay, na ang pangalan ay Timoteo, at gayon din ang kanyang anak, na ang pangalan ay Jonas, at gayon din si Mathoni, at si Mathonihah, na kanyang kapatid, at si Kumen, at si Kumenonhi, at si Jeremias, at si Semnon, at si Jonas, at si Zedekias, at si Isaia—ngayon, ito ang mga pangalan ng mga disipulo na pinili ni Jesus—at ito ay nangyari na, na sila ay humayo at tumayo sa gitna ng maraming tao.
- 5 At masdan, ang mga tao ay lubhang napakarami kung kaya't kanilang pinapangyari na sila ay hatiin sa labindalawang pangkat.
- 6 At ang labindalawa ay nagturo sa maraming tao; at masdan, kanilang pinapangyari na ang maraming tao ay lumuhod sa lupa, at manalangin sa Ama sa pangalan ni Jesus.
- 7 At ang mga disipulo ay nanalangin din sa Ama sa pangalan ni Jesus. At ito ay nangyari na, na sila ay tumayo at naglingkod sa mga tao.
- 8 At nang kanilang maipangaral ang mga gayon ding salita na winika ni Jesus—walang pagkakaiba sa mga salitang winika ni Jesus—masdan, muli silang lumuhod at nanalangin sa Ama sa pangalan ni Jesus.

### 3 Nephi 19

And now it came to pass that when Jesus had ascended into heaven, the multitude did disperse, and every man did take his wife and his children and did return to his own home.

And it was noised abroad among the people immediately, before it was yet dark, that the multitude had seen Jesus, and that he had ministered unto them, and that he would also show himself on the morrow unto the multitude.

Yea, and even all the night it was noised abroad concerning Jesus; and insomuch did they send forth unto the people that there were many, yea, an exceedingly great number, did labor exceedingly all that night, that they might be on the morrow in the place where Jesus should show himself unto the multitude.

And it came to pass that on the morrow, when the multitude was gathered together, behold, Nephi and his brother whom he had raised from the dead, whose name was Timothy, and also his son, whose name was Jonas, and also Mathoni, and Mathonihah, his brother, and Kumen, and Kumenonhi, and Jeremiah, and Shemnon, and Jonas, and Zedekiah, and Isaiah—now these were the names of the disciples whom Jesus had chosen—and it came to pass that they went forth and stood in the midst of the multitude.

And behold, the multitude was so great that they did cause that they should be separated into twelve bodies.

And the twelve did teach the multitude; and behold, they did cause that the multitude should kneel down upon the face of the earth, and should pray unto the Father in the name of Jesus.

And the disciples did pray unto the Father also in the name of Jesus. And it came to pass that they arose and ministered unto the people.

And when they had ministered those same words which Jesus had spoken—nothing varying from the words which Jesus had spoken—behold, they knelt again and prayed to the Father in the name of Jesus.

9 At sila ay nanalangin para roon sa kanilang higit na ninanais; at ninais nila na ang Espiritu Santo ay ipagkaloob sa kanila.

10 At nang sila ay makapanalangin nang gayon, sila ay bumaba sa gilid ng tubig, at ang maraming tao ay sumunod sa kanila.

11 At ito ay nangyari na, na si Nephi ay bumaba sa tubig at bininyagan.

12 At siya ay umahon sa tubig at nagsimulang magbinyag. At kanyang bininyagan lahat ng yaong pinili ni Jesus.

13 At ito ay nangyari na, nang silang lahat ay mabinyagan at makaahon sa tubig, ang Espiritu Santo ay napasakanila, at sila ay napaspos ng Espiritu Santo at ng apoy.

14 At masdan, sila ay napaligiran ng sa wari'y apoy, at ito ay bumaba mula sa langit, at ang maraming tao ay nakasaksi rito, at nagpatotoo; at ang mga anghel ay bumaba mula sa langit at naglingkod sa kanila.

15 At ito ay nangyari na, na samantalang ang mga anghel ay naglilingkod sa mga disipulo, masdan, dumating si Jesus at tumayo sa gitna at naglingkod sa kanila.

16 At ito ay nangyari na, na siya ay nangusap sa maraming tao, at inutusan silang lumuhod na muli sa lupa, at gayon din na ang kanyang mga disipulo ay nararapat magsiluhod sa lupa.

17 At ito ay nangyari na, nang silang lahat ay nakaluhod na sa lupa, inutusan niya ang kanyang mga disipulo na sila ay manalangin.

18 At masdan, sila ay nagsimulang manalangin; at sila ay nanalangin kay Jesus, tinatawag siya na kanilang Panginoon at kanilang Diyos.

19 At ito ay nangyari na, na si Jesus ay umalis sa gitna nila, at lumayo nang kaunti sa kanila at iniyukod niya ang sarili sa lupa, at kanyang sinabi:

20 Ama, nagpapasalamat ako sa inyo na inyong ipinagkaloob ang Espiritu Santo sa mga ito na aking pinili; at ito ay dahil sa kanilang paniniwala sa akin kung kaya't pinili ko sila mula sa sanlibutan.

21 Ama, idinadalangin ko sa inyo na ipagkaloob ninyo ang Espiritu Santo sa kanilang lahat na maniniwala sa kanilang mga salita.

And they did pray for that which they most desired; and they desired that the Holy Ghost should be given unto them.

And when they had thus prayed they went down unto the water's edge, and the multitude followed them.

And it came to pass that Nephi went down into the water and was baptized.

And he came up out of the water and began to baptize. And he baptized all those whom Jesus had chosen.

And it came to pass when they were all baptized and had come up out of the water, the Holy Ghost did fall upon them, and they were filled with the Holy Ghost and with fire.

And behold, they were encircled about as if it were by fire; and it came down from heaven, and the multitude did witness it, and did bear record; and angels did come down out of heaven and did minister unto them.

And it came to pass that while the angels were ministering unto the disciples, behold, Jesus came and stood in the midst and ministered unto them.

And it came to pass that he spake unto the multitude, and commanded them that they should kneel down again upon the earth, and also that his disciples should kneel down upon the earth.

And it came to pass that when they had all knelt down upon the earth, he commanded his disciples that they should pray.

And behold, they began to pray; and they did pray unto Jesus, calling him their Lord and their God.

And it came to pass that Jesus departed out of the midst of them, and went a little way off from them and bowed himself to the earth, and he said:

Father, I thank thee that thou hast given the Holy Ghost unto these whom I have chosen; and it is because of their belief in me that I have chosen them out of the world.

Father, I pray thee that thou wilt give the Holy Ghost unto all them that shall believe in their words.

- 22 Ama, ipinagkaloob ninyo sa kanila ang Espiritu Santo sapagkat sila ay naniniwala sa akin; at inyong nakikita na sila ay naniniwala sa akin sapagkat inyong naririnig sila, at sila ay nananalangin sa akin; at sila ay nananalangin sa akin sapagkat ako ay kasama nila.
- 23 At ngayon Ama, ako ay nananalangin sa inyo para sa kanila, at gayon din para sa lahat ng yaong maniniwala sa kanilang mga salita, upang sila ay maniwala sa akin, at nang ako ay mapasakanila kagaya ninyo, Ama, na nasa akin, upang tayo ay maging isa.
- 24 At ito ay nangyari na, nang si Jesus ay makapanalangin nang gayon sa Ama, siya ay lumapit sa kanyang mga disipulo, at masdan, sila ay nagpatuloy, nang walang humpay, sa pananalangin sa kanya; at hindi sila nagparami ng mga salita, sapagkat ipinagkaloob sa kanila ang nararapat nilang idalangin, at sila ay puspos ng hangarin.
- 25 At ito ay nangyari na, na sila ay pinagpala ni Jesus habang sila ay nananalangin sa kanya; at ang kanyang mukha ay ngumiti sa kanila, at ang liwanag sa kanyang mukha ay suminag sa kanila, at masdan, sila ay naging kasingputi ng anyo at kasuotan ni Jesus; at masdan, ang kaputian niyon ay nakahihigit sa lahat ng kaputian, oo, maging sa walang makatutulad sa ibabaw ng lupa sa kaputian niyon.
- 26 At sinabi ni Jesus sa kanila: Magpatuloy na manalangin; gayunpaman, hindi sila tumigil sa pananalangin.
- 27 At muli siyang tumalikod sa kanila, at lumayo nang kaunti at iniyukod niya ang sarili sa lupa; at muling nanalangin sa Ama, sinasabing:
- 28 Ama, nagpapasalamat ako sa inyo na inyong dinalisay yaong aking mga pinili, dahil sa kanilang pananampalataya, at nananalangin ako para sa kanila, at gayon din sa kanila na maniniwala sa kanilang mga salita, upang sila ay maging dalisay sa akin, sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanilang mga salita, kagaya ng pagiging dalisay nila sa akin.

Father, thou hast given them the Holy Ghost because they believe in me; and thou seest that they believe in me because thou hearest them, and they pray unto me; and they pray unto me because I am with them.

And now Father, I pray unto thee for them, and also for all those who shall believe on their words, that they may believe in me, that I may be in them as thou, Father, art in me, that we may be one.

And it came to pass that when Jesus had thus prayed unto the Father, he came unto his disciples, and behold, they did still continue, without ceasing, to pray unto him; and they did not multiply many words, for it was given unto them what they should pray, and they were filled with desire.

And it came to pass that Jesus blessed them as they did pray unto him; and his countenance did smile upon them, and the light of his countenance did shine upon them, and behold they were as white as the countenance and also the garments of Jesus; and behold the whiteness thereof did exceed all the whiteness, yea, even there could be nothing upon earth so white as the whiteness thereof.

And Jesus said unto them: Pray on; nevertheless they did not cease to pray.

And he turned from them again, and went a little way off and bowed himself to the earth; and he prayed again unto the Father, saying:

Father, I thank thee that thou hast purified those whom I have chosen, because of their faith, and I pray for them, and also for them who shall believe on their words, that they may be purified in me, through faith on their words, even as they are purified in me.

- 29 Ama, ako ay nananalangin hindi para sa sanlibutan, kundi para sa mga yaong ibinigay ninyo sa akin mula sa sanlibutan, dahil sa kanilang pananampalataya, upang sila ay maging dalisay sa akin, upang ako ay mapasakanila kagaya ninyo, Ama, na nasa akin, upang tayo ay maging isa, upang ako ay luwalhatiin sa kanila.
- 30 At nang sabihin ni Jesus ang mga salitang ito, muli siyang lumapit sa kanyang mga disipulo; at masdan, sila ay mataimtim na nananalangin, nang walang humpay, sa kanya; at siya ay muling ngumiti sa kanila; at masdan, sila ay mapuputi, maging katulad ni Jesus.
- 31 At ito ay nangyari na, na siya ay muling lumayo nang kaunti at nanalangin sa Ama;
- 32 At hindi maaaring bigkasin ng dila ang mga salitang kanyang idinalangin, ni maaaring isulat ng tao ang mga salitang kanyang idinalangin.
- 33 At narinig ito ng maraming tao at nagpatotoo; at nabuksan ang kanilang mga puso at naunawaan nila sa kanilang mga puso ang mga salitang kanyang idinalangin.
- 34 Gayon pa man, napakadakila at kagila-gilalas ang mga salitang kanyang idinalangin kung kaya't hindi maaaring isulat, ni bigkasin ang mga ito ng tao.
- 35 At ito ay nangyari na, nang matapos si Jesus sa pananalangin, muli siyang lumapit sa mga disipulo, at sinabi sa kanila: Napakadakila ng pananampalataya na hindi ko kailanman nakita sa lahat ng Judio; kaya nga hindi ko maipakita sa kanila ang mga gayong kadakilang himala, dahil sa kawalan nila ng paniniwala.
- 36 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, walang isa man sa kanila ang nakakita ng mga gayong kadakilang bagay na inyong nakita; ni kanilang narinig ang mga gayong kadakilang bagay na inyong narinig.

Father, I pray not for the world, but for those whom thou hast given me out of the world, because of their faith, that they may be purified in me, that I may be in them as thou, Father, art in me, that we may be one, that I may be glorified in them.

And when Jesus had spoken these words he came again unto his disciples; and behold they did pray steadfastly, without ceasing, unto him; and he did smile upon them again; and behold they were white, even as Jesus.

And it came to pass that he went again a little way off and prayed unto the Father;

And tongue cannot speak the words which he prayed, neither can be written by man the words which he prayed.

And the multitude did hear and do bear record; and their hearts were open and they did understand in their hearts the words which he prayed.

Nevertheless, so great and marvelous were the words which he prayed that they cannot be written, neither can they be uttered by man.

And it came to pass that when Jesus had made an end of praying he came again to the disciples, and said unto them: So great faith have I never seen among all the Jews; wherefore I could not show unto them so great miracles, because of their unbelief.

Verily I say unto you, there are none of them that have seen so great things as ye have seen; neither have they heard so great things as ye have heard.

### 3 Nephi 20

- 1 At ito ay nangyari na, na inutusan niya ang maraming tao na tumigil sila sa pananalangin, gayon din ang kanyang mga disipulo. At iniutos niya sa kanila na huwag silang tumigil sa pananalangin sa kanilang mga puso.
- 2 At kanyang inutusan silang bumangon at tumayo sa kanilang mga paa. At sila ay bumangon at tumayo sa kanilang mga paa.
- 3 At ito ay nangyari na, na muli niyang pinagputul-putol ang tinapay at binasbasan ito, at ibinigay sa mga disipulo upang kainin.
- 4 At nang sila ay makakain kanyang inutusan sila na kanilang pagputul-putulin ang tinapay, at ibigay sa maraming tao.
- 5 At nang mabigyan na nila ang maraming tao, ibinigay rin niya sa kanila ang alak upang inumin, at inutusan silang ibigay ito sa maraming tao.
- 6 Ngayon, walang tinapay, ni alak, na dinala ang mga disipulo, ni ang maraming tao;
- 7 Ngunit tunay na kanyang ibinigay sa kanila ang tinapay upang kainin, at gayon din ang alak upang inumin.
- 8 At sinabi niya sa kanila: Siya na kumakain ng tinapay na ito ay kumakain ng aking katawan sa kanyang kaluluwa; at siya na umiinom ng alak na ito ay umiinom ng aking dugo sa kanyang kaluluwa; at ang kanyang kaluluwa ay hindi kailanman magugutom ni mauuhaw, kundi mabubusog.
- 9 Ngayon, nang matapos makakain at makainom na lahat ang maraming tao, masdan, sila ay napuspos ng Espiritu; at sila ay sumigaw sa iisang tinig, at nagbigay-papuri kay Jesus, na kapwa nila nakita at narinig.
- 10 At ito ay nangyari na, nang matapos silang lahat magbigay-papuri kay Jesus, sinabi niya sa kanila: Masdan, ngayon ay natapos ko na ang kautusang iniutos ng Ama sa akin hinggil sa mga taong ito, na mga labi ng sambahayan ni Israel.
- 11 Natatandaan ninyo na winika ko sa inyo, at sinabi na sa panahon na ang mga salita ni Isaias ay matupad—masdan, yaon ay mga nakasulat, nasa harapan ninyo ang mga ito, kaya nga, saliksikin ninyo ang mga yaon—

### 3 Nephi 20

And it came to pass that he commanded the multitude that they should cease to pray, and also his disciples. And he commanded them that they should not cease to pray in their hearts.

And he commanded them that they should arise and stand up upon their feet. And they arose up and stood upon their feet.

And it came to pass that he brake bread again and blessed it, and gave to the disciples to eat.

And when they had eaten he commanded them that they should break bread, and give unto the multitude.

And when they had given unto the multitude he also gave them wine to drink, and commanded them that they should give unto the multitude.

Now, there had been no bread, neither wine, brought by the disciples, neither by the multitude;

But he truly gave unto them bread to eat, and also wine to drink.

And he said unto them: He that eateth this bread eateth of my body to his soul; and he that drinketh of this wine drinketh of my blood to his soul; and his soul shall never hunger nor thirst, but shall be filled.

Now, when the multitude had all eaten and drunk, behold, they were filled with the Spirit; and they did cry out with one voice, and gave glory to Jesus, whom they both saw and heard.

And it came to pass that when they had all given glory unto Jesus, he said unto them: Behold now I finish the commandment which the Father hath commanded me concerning this people, who are a remnant of the house of Israel.

Ye remember that I spake unto you, and said that when the words of Isaiah should be fulfilled—behold they are written, ye have them before you, therefore search them—



- 12 At katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, na sa panahon na ang mga ito ay matupad, sa gayon yaon ang katuparan ng tipan na ginawa ng Ama sa kanyang mga tao, O sambahayan ni Israel.
- 13 At pagkatapos, ang mga labi, na malawakang ikakalat sa balat ng lupa ay titipunin mula sa silangan at mula sa kanluran, at mula sa timog at mula sa hilaga; at sila ay dadalhin sa kaalaman ng Panginoon nilang Diyos, na siyang tumubos sa kanila.
- 14 At iniutos sa akin ng Ama na nararapat kong ibigay sa inyo ang lupaing ito, bilang inyong mana.
- 15 At sinasabi ko sa inyo, na kung ang mga Gentil ay hindi magsisisi matapos ng pagpapalang kanilang tatanggapin, matapos nilang maikalat ang aking mga tao—
- 16 At pagkatapos kayo, na mga labi ng sambahayan ni Jacob, ay magtutungo sa kanila; at kayo ay mapapasagitna nila na magiging marami; at kayo ay mapapasama sa kanila katulad ng isang leon sa mga hayop sa gubat, at kagaya ng isang batang leon sa mga kawan ng tupa, na kapag nakapasok, siya ay susunggaban at pagluluray-lurayin, at walang makapagliligtas.
- 17 Ang iyong mga kamay ay itataas sa iyong mga kaaway, at ang lahat ng iyong mga kaaway ay lilipulin.
- 18 At aking titipuning sama-sama ang aking mga tao katulad ng isang tao na nag-iipon ng kanyang mga bungkos sa sahig ng giikan.
- 19 Sapagkat gagawin ko ang aking mga tao kung kanino nakipagtipan ang Ama, oo, gagawin kong bakal ang iyong sungay, at gagawin kong tanso ang iyong mga kuko. At iyong luluray-lurayin ang maraming tao; at aking ilalaan ang kanilang pakinabang sa Panginoon, at ang kanilang kabuhayan sa Panginoon ng buong mundo. At masdan, ako ang siyang gagawa nito.
- 20 At ito ay mangyayari, wika ng Ama, na ang espada ng aking katarungan ay nakaumang sa ulunan nila sa araw na yaon; at maliban kung sila ay magsisisi, ito ay babagsak sa kanila, wika ng Ama, oo, maging sa lahat ng bansa ng mga Gentil.
- 21 At ito ay mangyayari na aking itatatag ang aking mga tao, O sambahayan ni Israel.

And verily, verily, I say unto you, that when they shall be fulfilled then is the fulfilling of the covenant which the Father hath made unto his people, O house of Israel.

And then shall the remnants, which shall be scattered abroad upon the face of the earth, be gathered in from the east and from the west, and from the south and from the north; and they shall be brought to the knowledge of the Lord their God, who hath redeemed them.

And the Father hath commanded me that I should give unto you this land, for your inheritance.

And I say unto you, that if the Gentiles do not repent after the blessing which they shall receive, after they have scattered my people—

Then shall ye, who are a remnant of the house of Jacob, go forth among them; and ye shall be in the midst of them who shall be many; and ye shall be among them as a lion among the beasts of the forest, and as a young lion among the flocks of sheep, who, if he goeth through both treadeth down and teareth in pieces, and none can deliver.

Thy hand shall be lifted up upon thine adversaries, and all thine enemies shall be cut off.

And I will gather my people together as a man gathereth his sheaves into the floor.

For I will make my people with whom the Father hath covenanted, yea, I will make thy horn iron, and I will make thy hoofs brass. And thou shalt beat in pieces many people; and I will consecrate their gain unto the Lord, and their substance unto the Lord of the whole earth. And behold, I am he who doeth it.

And it shall come to pass, saith the Father, that the sword of my justice shall hang over them at that day; and except they repent it shall fall upon them, saith the Father, yea, even upon all the nations of the Gentiles.

And it shall come to pass that I will establish my people, O house of Israel.

- 22 At masdan, aking itatatag ang mga taong ito sa lupaing ito, sa ikatutupad ng tipang aking ginawa sa inyong amang si Jacob; at ito ay magiging isang Bagong Jerusalem. At ang kapangyarihan ng langit ay mapapasagitna ng mga taong ito; oo, maging ako ay mapapasagitna ninyo.
- 23 Masdan, ako ang siyang sinabi ni Moises, sinasabing: Ang Panginoon ninyong Diyos ay magbabangon sa inyo ng isang propeta sa inyo na inyong mga kapatid, na tulad sa akin; siya ang inyong diringgin sa lahat ng bagay kung anuman ang sasabihin niya sa inyo. At ito ay mangyayari na ang bawat taong hindi makikinig sa propetang yaon ay ihihiwalay mula sa mga tao.
- 24 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, oo, at lahat ng propeta mula kay Samuel at sa mga yaong sumunod, kasindami ng nagsalita, ay nagpatotoo sa akin.
- 25 At masdan, kayo ang mga anak ng mga propeta; at kayo ay sa sambahayan ni Israel; kayo ay sakop ng tipang ginawa ng Ama sa inyong mga ama, na sinasabi kay Abraham: At sa iyong binhi lahat ng magkakamag-anak sa lupa ay pagpapalain.
- 26 Ang Ama na ibinangon akong una sa inyo, at isinugo ako upang pagpalain kayo sa pagtalikod ng bawat isa sa inyo mula sa kanyang mga kasamaan; at ito ay dahil sa kayo ay mga anak ng tipan—
- 27 At matapos na kayo ay pagpalain ay tutuparin ng Ama ang tipang ginawa niya kay Abraham, sinasabing: Sa iyong binhi ang lahat ng magkakamag-anak sa lupa ay pagpapalain—sa pagbubuhos ng Espiritu Santo sa pamamagitan ko sa mga Gentil, kung aling mga pagpapala sa mga Gentil ay gagawin silang makapangyarihan sa lahat, hanggang sa pagkakalat ng aking mga tao, O sambahayan ni Israel.
- 28 At sila ay magiging panghagupit sa mga tao sa lupaing ito. Gayunman, kung kanilang matanggap ang kabuuan ng aking ebanghelyo, at kung kanilang patitigasin ang kanilang mga puso laban sa akin ay ibalik ko ang kanilang mga kasamaan sa kanilang sariling mga ulo, wika ng Ama.

And behold, this people will I establish in this land, unto the fulfilling of the covenant which I made with your father Jacob; and it shall be a New Jerusalem. And the powers of heaven shall be in the midst of this people; yea, even I will be in the midst of you.

Behold, I am he of whom Moses spake, saying: A prophet shall the Lord your God raise up unto you of your brethren, like unto me; him shall ye hear in all things whatsoever he shall say unto you. And it shall come to pass that every soul who will not hear that prophet shall be cut off from among the people.

Verily I say unto you, yea, and all the prophets from Samuel and those that follow after, as many as have spoken, have testified of me.

And behold, ye are the children of the prophets; and ye are of the house of Israel; and ye are of the covenant which the Father made with your fathers, saying unto Abraham: And in thy seed shall all the kindreds of the earth be blessed.

The Father having raised me up unto you first, and sent me to bless you in turning away every one of you from his iniquities; and this because ye are the children of the covenant—

And after that ye were blessed then fulfilleth the Father the covenant which he made with Abraham, saying: In thy seed shall all the kindreds of the earth be blessed—unto the pouring out of the Holy Ghost through me upon the Gentiles, which blessing upon the Gentiles shall make them mighty above all, unto the scattering of my people, O house of Israel.

And they shall be a scourge unto the people of this land. Nevertheless, when they shall have received the fulness of my gospel, then if they shall harden their hearts against me I will return their iniquities upon their own heads, saith the Father.

29 At aking aalalahanin ang tipang ginawa ko sa aking mga tao; at ako ay nakipagtipan sa kanila na sila ay titipunin kong magkakasama sa aking sariling takdang panahon, na ibibigay ko sa kanilang muli ang lupain ng kanilang mga ama para sa kanilang mana, na lupain ng Jerusalem, na lupang pangako para sa kanila magpakailanman, wika ng Ama.

30 At ito ay mangyayari na ang panahon ay sasapit, na ang kabuuan ng aking ebanghelyo ay ipangangaral sa kanila;

31 At sila ay maniniwala sa akin, na ako si Jesucristo, ang Anak ng Diyos, at mananalangin sa Ama sa aking pangalan.

32 Sa gayon ang kanilang mga bantay ay magtataas ng kanilang tinig, at sa tinig na magkakasama sila ay aawit; sapagkat sila ay makakikita nang mata sa mata.

33 Pagkatapos sila ay muling titipunin ng Ama nang magkakasama, at ibibigay sa kanila ang Jerusalem na lupain ng kanilang mana.

34 At sila ay magdiriwang sa kagalakan—Magsiawit na magkakasama, kayong mga naaksayang dako ng Jerusalem sapagkat inaliw ng Ama ang kanyang mga tao, tinubos niya ang Jerusalem.

35 Ipinakita ng Ama ang kanyang banal na bisig sa paningin ng lahat ng bansa; at lahat ng dulo ng mundo ay makakikita sa pagliligtas ng Ama; at ang Ama at ako ay isa.

36 At sa ganoon mangyayari yaong nasusulat: Gumising, gumising na muli, at isuot mo ang iyong kalakasan, O Sion; isuot ang iyong magagandang kasuotan, O Jerusalem, ang banal na lunsod, sapagkat mula ngayon, wala nang papasok sa iyo na hindi tuli at ang marumi.

37 Pagpagin mo ang sarili mula sa alabok; bumangon, umupo, O Jerusalem; kalagan ang sarili mula sa mga tali sa iyong leeg, O bihag na anak na babae ng Sion.

38 Sapagkat ganito ang wika ng Panginoon, ipinagbili ninyo ang inyong sarili sa wala, at kayo ay tutubusin nang walang salapi.

39 Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, ang aking pangalan ay malalaman ng aking mga tao, oo, sa araw na yaon ay malalaman nila na ako yaong nagsasalita.

And I will remember the covenant which I have made with my people; and I have covenanted with them that I would gather them together in mine own due time, that I would give unto them again the land of their fathers for their inheritance, which is the land of Jerusalem, which is the promised land unto them forever, saith the Father.

And it shall come to pass that the time cometh, when the fulness of my gospel shall be preached unto them;

And they shall believe in me, that I am Jesus Christ, the Son of God, and shall pray unto the Father in my name.

Then shall their watchmen lift up their voice, and with the voice together shall they sing; for they shall see eye to eye.

Then will the Father gather them together again, and give unto them Jerusalem for the land of their inheritance.

Then shall they break forth into joy—Sing together, ye waste places of Jerusalem; for the Father hath comforted his people, he hath redeemed Jerusalem.

The Father hath made bare his holy arm in the eyes of all the nations; and all the ends of the earth shall see the salvation of the Father; and the Father and I are one.

And then shall be brought to pass that which is written: Awake, awake again, and put on thy strength, O Zion; put on thy beautiful garments, O Jerusalem, the holy city, for henceforth there shall no more come into thee the uncircumcised and the unclean.

Shake thyself from the dust; arise, sit down, O Jerusalem; loose thyself from the bands of thy neck, O captive daughter of Zion.

For thus saith the Lord: Ye have sold yourselves for naught, and ye shall be redeemed without money.

Verily, verily, I say unto you, that my people shall know my name; yea, in that day they shall know that I am he that doth speak.

40 At pagkatapos kanilang sasabihin: Anong ganda sa mga bundok ang mga paa niyong nagdadala ng mabubuting balita sa kanila, na naghahayag ng kapayapaan; na nangagdadala ng mabubuting balita ng kabutihan sa kanila, na naghahayag ng kaligtasan; na nagsasabi sa Sion: Ang iyong Diyos ay naghahari!

41 At pagkatapos isang sigaw ang papailanglang: Lumisan kayo, lumisan kayo, magsilabas kayo diyan, huwag kayong humipo ng bagay na marumi; lumabas kayo sa gitna niya; maging malinis kayo na nagdadala ng mga sisidlan ng Panginoon.

42 Sapagkat hindi kayo lalabas na nagmamadali ni aalis nang patakas; sapagkat ang Panginoon ay mauuna sa inyo, at ang Diyos ng Israel ang inyong magiging bantay sa likod.

43 Masdan, ang aking tagapaglingkod ay makikitungo nang may karunungan; siya ay dadakilain at pupurihing maigi at magiging napakataas.

44 Kasindami ng nanggilalas sa inyo—ang kanyang mukha ay nasira, higit kaysa sa kanino mang lalaki, at ang kanyang anyo ay higit kaysa sa mga anak ng tao—

45 Kung kaya siya ay magwiwisik sa maraming bansa; ang mga hari ay magtitikom ng kanilang bibig sa kanya, sapagkat yaong hindi sinabi sa kanila ay makikita nila; at yaong hindi nila kailanman narinig ay isasaalang-alang nila.

46 Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, ang lahat ng bagay na ito ay tiyak na darating, maging ang iniutos ng Ama sa akin. Pagkatapos, ang tipang ito na ipinakipagtipan ng Ama sa kanyang mga tao ay matutupad; at pagkatapos, ang Jerusalem ay muling pananahanan ng aking mga tao, at ito ang magiging lupaing kanilang mana.

And then shall they say: How beautiful upon the mountains are the feet of him that bringeth good tidings unto them, that publisheth peace; that bringeth good tidings unto them of good, that publisheth salvation; that saith unto Zion: Thy God reigneth!

And then shall a cry go forth: Depart ye, depart ye, go ye out from thence, touch not that which is unclean; go ye out of the midst of her; be ye clean that bear the vessels of the Lord.

For ye shall not go out with haste nor go by flight; for the Lord will go before you, and the God of Israel shall be your rearward.

Behold, my servant shall deal prudently; he shall be exalted and extolled and be very high.

As many were astonished at thee—his visage was so marred, more than any man, and his form more than the sons of men—

So shall he sprinkle many nations; the kings shall shut their mouths at him, for that which had not been told them shall they see; and that which they had not heard shall they consider.

Verily, verily, I say unto you, all these things shall surely come, even as the Father hath commanded me. Then shall this covenant which the Father hath covenanted with his people be fulfilled; and then shall Jerusalem be inhabited again with my people, and it shall be the land of their inheritance.

### 3 Nephi 21

- 1 At katotohanang sinasabi ko sa inyo, magbibigay ako sa inyo ng palatandaan, upang malaman ninyo ang panahon kung kailan ang mga bagay na ito ay malapit nang maganap—na aking titipunin, mula sa matagal na nilang pagkakakalat, ang aking mga tao, O sambahayan ni Israel, at muling itatatag sa kanila ang aking Sion;
- 2 At masdan, ito ang bagay na ibibigay ko sa inyo bilang palatandaan—sapagkat katotohanang sinasabi ko sa inyo na kung ang mga bagay na ito na ipinahahayag ko sa inyo, at ipahahayag ng aking sarili pagkatapos nito, at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo na ibibigay sa inyo ng Ama, ay ipaalam sa mga Gentil nang kanilang malaman ang hinggil sa mga taong ito na mga labi ng sambahayan ni Jacob, at hinggil sa aking mga taong ito na ikakalat nila;
- 3 Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, kapag ang mga bagay na ito ay ipinaalam sa kanila ng Ama, at magmula sa Ama, mula sa kanila hanggang sa inyo;
- 4 Sapagkat karunungan ng Ama na sila ay maitatag sa lupaing ito, at matayo bilang malalayang tao sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Ama, upang ang mga bagay na ito ay makarating mula sa kanila patungo sa labi ng inyong mga binhi, upang ang tipan ng Ama ay matupad na kanyang ipinakupagtipan sa kanyang mga tao, O sambahayan ni Israel;
- 5 Samakatwid, kapag ang mga gawaing ito at ang mga gawaing gagawin sa inyo pagkatapos nito ay magmumula sa mga Gentil, hanggang sa inyong mga binhi na manghihina sa kawalang-paniniwala dahil sa kasamaan;
- 6 Sapagkat sa gayon minarapat ng Ama na ito ay magmula sa mga Gentil, upang maipakita niya ang kanyang kapangyarihan sa mga Gentil, sa layuning ang mga Gentil, kung hindi nila patitigasin ang kanilang mga puso, na sila ay magsisi at lumapit sa akin at mabinyagan sa aking pangalan at malaman ang mga tunay na paksa ng aking doktrina, na sila ay mapabilang sa aking mga tao, O sambahayan ni Israel;

### 3 Nephi 21

And verily I say unto you, I give unto you a sign, that ye may know the time when these things shall be about to take place—that I shall gather in, from their long dispersion, my people, O house of Israel, and shall establish again among them my Zion;

And behold, this is the thing which I will give unto you for a sign—for verily I say unto you that when these things which I declare unto you, and which I shall declare unto you hereafter of myself, and by the power of the Holy Ghost which shall be given unto you of the Father, shall be made known unto the Gentiles that they may know concerning this people who are a remnant of the house of Jacob, and concerning this my people who shall be scattered by them;

Verily, verily, I say unto you, when these things shall be made known unto them of the Father, and shall come forth of the Father, from them unto you;

For it is wisdom in the Father that they should be established in this land, and be set up as a free people by the power of the Father, that these things might come forth from them unto a remnant of your seed, that the covenant of the Father may be fulfilled which he hath covenanted with his people, O house of Israel;

Therefore, when these works and the works which shall be wrought among you hereafter shall come forth from the Gentiles, unto your seed which shall dwindle in unbelief because of iniquity;

For thus it behooveth the Father that it should come forth from the Gentiles, that he may show forth his power unto the Gentiles, for this cause that the Gentiles, if they will not harden their hearts, that they may repent and come unto me and be baptized in my name and know of the true points of my doctrine, that they may be numbered among my people, O house of Israel;

- 7 At kapag ang mga bagay na ito ay mangyari na, ang iyong mga binhi ay magsisimulang malaman ang mga bagay na ito—ito ay magiging palatandaan sa kanila, upang kanilang malaman na ang gawain ng Ama ay nagsimula na tungo sa pagtupad ng tipang kanyang ginawa sa mga tao na kabilang sa sambahayan ni Israel.
- 8 At kapag dumating ang araw na iyon, ito ay mangyayari na ang mga hari ay magtitikom ng kanilang mga bibig; sapagkat yaong hindi sinabi sa kanila ay makikita nila; at yaong hindi nila kailanman narinig ay isasaalang-alang nila.
- 9 Sapagkat sa araw na yaon, para sa aking kapakanan ang Ama ay gagawa ng isang gawain, na magiging dakila at kagila-gilalas na gawa sa kanila; at sa kanila ay may mga yaong hindi paniniwalaan ito, bagama't isang tao ang magpapahayag nito sa kanila.
- 10 Ngunit masdan, ang buhay ng aking tagapaglingkod ay nasa aking kamay; anupa't hindi nila masasaktan siya, bagama't siya ay mapipinsala dahil sa kanila. Gayunman, akin siyang pagagalangin, sapagkat ipakikita ko sa kanila na ang aking karunungan ay higit na dakila kaysa sa katusuhan ng diyablo.
- 11 Kaya nga, ito ay mangyayari na ang sinumang hindi maniniwala sa aking mga salita, ako na si Jesucristo, na papapangyarihin ng Ama na dalhin niya sa mga Gentil, at bibigyan siya ng kapangyarihan na kanyang madala ang mga iyon sa mga Gentil, (ito ay mangyayari maging katulad ng winika ni Moises) sila ay mahihiwalay sa aking mga tao na kasama sa tipan.
- 12 At ang aking mga tao na mga labi ni Jacob ay mapapasa mga Gentil, oo, sa gitna nila na kagaya ng isang leon sa mga hayop sa gubat, katulad ng isang batang leon sa mga kawan ng tupa, na siya, kung makapapasok ay susungaban niya at pagluluray-lurayin, at walang makapagligtas.
- 13 Ang kanilang mga kamay ay itataas sa kanilang mga kaaway, at ang lahat ng kanilang mga kaaway ay lilipulin.

And when these things come to pass that thy seed shall begin to know these things—it shall be a sign unto them, that they may know that the work of the Father hath already commenced unto the fulfilling of the covenant which he hath made unto the people who are of the house of Israel.

And when that day shall come, it shall come to pass that kings shall shut their mouths; for that which had not been told them shall they see; and that which they had not heard shall they consider.

For in that day, for my sake shall the Father work a work, which shall be a great and a marvelous work among them; and there shall be among them those who will not believe it, although a man shall declare it unto them.

But behold, the life of my servant shall be in my hand; therefore they shall not hurt him, although he shall be marred because of them. Yet I will heal him, for I will show unto them that my wisdom is greater than the cunning of the devil.

Therefore it shall come to pass that whosoever will not believe in my words, who am Jesus Christ, which the Father shall cause him to bring forth unto the Gentiles, and shall give unto him power that he shall bring them forth unto the Gentiles, (it shall be done even as Moses said) they shall be cut off from among my people who are of the covenant.

And my people who are a remnant of Jacob shall be among the Gentiles, yea, in the midst of them as a lion among the beasts of the forest, as a young lion among the flocks of sheep, who, if he go through both treadeth down and teareth in pieces, and none can deliver.

Their hand shall be lifted up upon their adversaries, and all their enemies shall be cut off.

14 Oo, sa aba sa mga Gentil maliban kung sila ay magsisisi; sapagkat ito ay mangyayari na sa araw na yaon, wika ng Ama, na aking ihihiwalay ang inyong mga kabayo sa gitna ninyo, at aking wawasakin ang inyong mga karuwahe;

15 At aking wawasakin ang mga lunsod ng inyong lupain, at ibabagsak ang inyong mga muog;

16 At aking wawasakin ang mga pangkukulam sa inyong mga lupain, at hindi na kayo magkakaroon pa ng mga manghuhula;

17 Ang inyong mga inukit na larawan ay akin ding wawasakin at ihihiwalay ang inyong nakatayong mga imahen sa gitna ninyo, at hindi na ninyo sasambahin pa ang mga gawa ng inyong mga kamay;

18 At aking bubunutin ang inyong mga puso sa gitna ninyo; akin ding wawasakin ang inyong mga lunsod.

19 At ito ay mangyayari na ang lahat ng pagsisinungaling, at mga panlilinlang, at inggitan, at sigalutan, at huwad na pagkasaserdote, at pagpapatutot, ay matitigil.

20 Sapagkat ito ay mangyayari, wika ng Ama, na sa araw na yaon ang sinumang hindi magsisisi at lalapit sa aking Minamahal na Anak, sila ay ihihiwalay ko sa aking mga tao, O sambahayan ni Israel;

21 At aking isasagawa ang paghihiganti at matinding galit sa kanila, maging tulad sa mga pagano, na hindi pa nila narinig.

22 Ngunit kung sila ay magsisisi at makikinig sa aking mga salita, at hindi patitigasin ang kanilang mga puso, itatatag ko ang aking simbahan sa kanila, at sila ay makikipagtipan at ibibilang sa mga ito na labi ni Jacob, kung kanino aking ibinigay ang lupaing ito bilang kanilang mana;

23 At sila ay tutulong sa aking mga tao, na labi ni Jacob, at gayon din kasindami ng sambahayan ni Israel na darating upang kanilang maitayo ang isang lunsod, na tatawaging ang Bagong Jerusalem.

24 At pagkatapos sila ay tutulong sa aking mga tao upang sila ay matipon, na nangagkalat sa balat ng lupa, patungo sa Bagong Jerusalem.

25 At pagkatapos, ang kapangyarihan ng langit ay bababa sa kanila; at ako rin ay mapapasagitna nila.

Yea, wo be unto the Gentiles except they repent; for it shall come to pass in that day, saith the Father, that I will cut off thy horses out of the midst of thee, and I will destroy thy chariots;

And I will cut off the cities of thy land, and throw down all thy strongholds;

And I will cut off witchcrafts out of thy land, and thou shalt have no more soothsayers;

Thy graven images I will also cut off, and thy standing images out of the midst of thee, and thou shalt no more worship the works of thy hands;

And I will pluck up thy groves out of the midst of thee; so will I destroy thy cities.

And it shall come to pass that all lyings, and deceivings, and envyings, and strifes, and priestcrafts, and whoredoms, shall be done away.

For it shall come to pass, saith the Father, that at that day whosoever will not repent and come unto my Beloved Son, them will I cut off from among my people, O house of Israel;

And I will execute vengeance and fury upon them, even as upon the heathen, such as they have not heard.

But if they will repent and hearken unto my words, and harden not their hearts, I will establish my church among them, and they shall come in unto the covenant and be numbered among this the remnant of Jacob, unto whom I have given this land for their inheritance;

And they shall assist my people, the remnant of Jacob, and also as many of the house of Israel as shall come, that they may build a city, which shall be called the New Jerusalem.

And then shall they assist my people that they may be gathered in, who are scattered upon all the face of the land, in unto the New Jerusalem.

And then shall the power of heaven come down among them; and I also will be in the midst.

- 26 At pagkatapos, ang gawain ng Ama ay magsisimula sa araw na yaon, maging ang ebanghelyong ito ay ipangangaral sa labi ng mga taong ito. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, sa araw na yaon ang gawain ng Ama ay magsisimula sa lahat ng nakalat na mga tao ko, oo, maging ang mga liping nawala, na inakay ng Ama palayo sa Jerusalem.
- 27 Oo, ang gawain ay magsisimula sa lahat ng naikalat na mga tao ko, na ang Ama ang maghahanda ng daan kung paano sila makalalapit sa akin, upang sila ay makapanawagan sa Ama sa aking pangalan.
- 28 Oo, at pagkatapos ang gawain ay magsisimula, kasama ang Ama, sa lahat ng bansa sa paghahanda ng daan kung paano ang kanyang mga tao ay maaaring matipong pauwi sa lupaing kanilang mana.
- 29 At sila ay lalabas mula sa lahat ng bansa; at hindi sila lalabas na nagmamadali, o aalis na patakas, sapagkat ako ang mauuna sa kanila, wika ng Ama, at ako ang kanilang magiging bantay sa likod.

And then shall the work of the Father commence at that day, even when this gospel shall be preached among the remnant of this people. Verily I say unto you, at that day shall the work of the Father commence among all the dispersed of my people, yea, even the tribes which have been lost, which the Father hath led away out of Jerusalem.

Yea, the work shall commence among all the dispersed of my people, with the Father to prepare the way whereby they may come unto me, that they may call on the Father in my name.

Yea, and then shall the work commence, with the Father among all nations in preparing the way whereby his people may be gathered home to the land of their inheritance.

And they shall go out from all nations; and they shall not go out in haste, nor go by flight, for I will go before them, saith the Father, and I will be their rearward.



### 3 Nephi 22

- 1 At pagkatapos, yaong nasusulat ay mangyayari:  
Umawit, O baog, ikaw na hindi nagkaanak;  
magsimula kang umawit; at sumigaw nang malakas,  
ikaw na hindi nagdamdam sa panganganak ng bata;  
sapagkat higit na marami ang mga anak ng  
pinabayaan kaysa sa mga anak ng may asawa, wika  
ng Panginoon.
- 2 Palakihin ang dako ng iyong tolda, at bayaan  
silang iladlad ang mga tabing ng iyong mga tahanan;  
huwag kayong magtipid, habaan mo ang iyong mga  
lubid at patibayin mo ang iyong mga istaka;
- 3 Sapagkat ikaw ay magsisimula sa kanang kamay  
at sa kaliwa, at ang iyong mga binhi ay mamanahin  
ang mga sa Gentil at ang mga pinabayaang lunsod ay  
magkakaroon ng maninirahan.
- 4 Huwag matakot, sapagkat ikaw ay hindi  
mapapahiya; ni ikaw ay hahamakin; sapagkat hindi  
ka malalagay sa kahihyan; sapagkat malilimutan mo  
ang kahihyan ng iyong kabataan, at hindi maaalaala  
ang kadustahan ng iyong kabataan, at hindi mo na  
maaalaala pa ang kasiraan ng iyong pagkabalo.
- 5 Sapagkat ang iyong tagapaglikha, ang iyong  
asawa, Panginoon ng mga Hukbo ang kanyang  
pangalan; at ang iyong Manunubos, Ang Banal ng  
Israel—ang Diyos ng buong mundo siya ay  
tatawagin.
- 6 Sapagkat tinawag ka ng Panginoon katulad ng  
isang babaing pinabayaan ng kanyang asawa at  
nagdadalamhati sa espiritu, at isang asawa ng  
kabataan, nang ikaw ay itinakwil, wika ng iyong  
Diyos.
- 7 Sa maikling sandali ay pinabayaan kita, ngunit sa  
malaking pagkaawa ay titipunin kita.
- 8 Sa munting pagkagalit ay ikinubli ko sandali ang  
aking mukha sa iyo, ngunit sa walang hanggang  
kabutihan, ako ay maaawa sa iyo, wika ng  
Panginoon mong Manunubos.
- 9 Sapagkat katulad nito, ang mga tubig ng Noe sa  
akin, sapagkat katulad ng aking isinumpa na ang  
mga tubig ng Noe ay hindi na aagos pa sa lupa, sa  
gayon ako ay sumumpang hindi na ako mapopoot sa  
iyo.

### 3 Nephi 22

And then shall that which is written come to pass:  
Sing, O barren, thou that didst not bear; break forth  
into singing, and cry aloud, thou that didst not tra-  
vail with child; for more are the children of the deso-  
late than the children of the married wife, saith the  
Lord.

Enlarge the place of thy tent, and let them stretch  
forth the curtains of thy habitations; spare not,  
lengthen thy cords and strengthen thy stakes;

For thou shalt break forth on the right hand and  
on the left, and thy seed shall inherit the Gentiles  
and make the desolate cities to be inhabited.

Fear not, for thou shalt not be ashamed; neither be  
thou confounded, for thou shalt not be put to shame;  
for thou shalt forget the shame of thy youth, and  
shalt not remember the reproach of thy youth, and  
shalt not remember the reproach of thy widowhood  
any more.

For thy maker, thy husband, the Lord of Hosts is  
his name; and thy Redeemer, the Holy One of  
Israel—the God of the whole earth shall he be called.

For the Lord hath called thee as a woman forsaken  
and grieved in spirit, and a wife of youth, when thou  
wast refused, saith thy God.

For a small moment have I forsaken thee, but with  
great mercies will I gather thee.

In a little wrath I hid my face from thee for a mo-  
ment, but with everlasting kindness will I have  
mercy on thee, saith the Lord thy Redeemer.

For this, the waters of Noah unto me, for as I have  
sworn that the waters of Noah should no more go  
over the earth, so have I sworn that I would not be  
wroth with thee.

- 10 Sapagkat ang mga bundok ay maglalaho at ang mga burol ay maaalis, ngunit ang aking kabaitan kailanman ay hindi maglalaho sa iyo, ni ang tipan ng aking kapayapaan ay maaalis, wika ng Panginoon na naaawa sa iyo.
- 11 O ikaw na nahirapan, na sinisiklot ng unos, at hindi naaliw! Masdan, ilalatag ko ang iyong mga bato nang may mainam na kulay, at lalagan ang iyong mga saligan ng mga sapiro.
- 12 At gagawin kong agata ang iyong mga durungawan, at karbungko ang iyong mga pintuang-bayan, at mahahalagang bato ang iyong mga hangganan.
- 13 At lahat ng iyong mga anak ay tuturuan ng Panginoon; at malaki ang magiging kapayapaan ng iyong mga anak.
- 14 Sa kabutihan ikaw ay matatatag; ikaw ay malalayo mula sa mga pang-aapi sapagkat hindi ka matatakot, at sa kinasisindakan sapagkat hindi ito lalapit sa iyo.
- 15 Masdan, sila ay tiyak na magkakasamang sasalakay laban sa iyo, hindi sa kapahintulutan ko; sinumang magkakasamang sasalakay laban sa iyo ay mabubuwal para sa iyong kapakanan.
- 16 Masdan, aking nilikha ang panday na umiihip sa mga baga na nasa apoy, at gumagawa ng kasangkapan para sa kanyang gawain; at aking nilikha ang manglilipol upang manglipol.
- 17 Walang sandatang ginawa laban sa iyo ang magtatagumpay; at bawat dilang hahamak laban sa iyo sa kahatulan ay pasisinungalingan mo. Ito ang mana ng mga tagapaglingkod ng Panginoon, at ang kanilang kabutihan ay sa akin, wika ng Panginoon.

For the mountains shall depart and the hills be removed, but my kindness shall not depart from thee, neither shall the covenant of my peace be removed, saith the Lord that hath mercy on thee.

O thou afflicted, tossed with tempest, and not comforted! Behold, I will lay thy stones with fair colors, and lay thy foundations with sapphires.

And I will make thy windows of agates, and thy gates of carbuncles, and all thy borders of pleasant stones.

And all thy children shall be taught of the Lord; and great shall be the peace of thy children.

In righteousness shalt thou be established; thou shalt be far from oppression for thou shalt not fear, and from terror for it shall not come near thee.

Behold, they shall surely gather together against thee, not by me; whosoever shall gather together against thee shall fall for thy sake.

Behold, I have created the smith that bloweth the coals in the fire, and that bringeth forth an instrument for his work; and I have created the waster to destroy.

No weapon that is formed against thee shall prosper; and every tongue that shall revile against thee in judgment thou shalt condemn. This is the heritage of the servants of the Lord, and their righteousness is of me, saith the Lord.

### 3 Nephi 23

- 1 At ngayon, masdan, sinasabi ko sa inyo, na nararapat ninyong saliksikin ang mga bagay na ito. Oo, isang kautusan ang ibinibigay ko sa inyo na masigasig ninyong saliksikin ang mga bagay na ito; sapagkat dakila ang mga salita ni Isaia.
- 2 Sapagkat tunay na siya ay nangusap na tumatalakay sa lahat ng bagay hinggil sa aking mga tao na sambahayan ni Israel; anupa't talagang kinakailangan na siya ay mangusap din sa mga Gentil.
- 3 At lahat ng bagay na kanyang sinabi ay nangyari na at mangyayari, maging alinsunod sa mga salitang kanyang winika.
- 4 Kaya nga, makinig sa aking mga salita; isulat ang mga bagay na sinabi ko sa inyo; at alinsunod sa panahon at kalooban ng Ama, yaon ay ipahahayag sa mga Gentil.
- 5 At sinuman ang makikinig sa aking mga salita at magsisisi at mabibinyagan, siya rin ang maliligtas. Saliksikin ang mga propeta, sapagkat marami roon ang nagpapatotoo sa mga bagay na ito.
- 6 At ngayon ito ay nangyari na, nang sabihin ni Jesus ang mga salitang ito muli niyang sinabi sa kanila, matapos na kanyang ipaliwanag ang lahat ng banal na kasulatan sa kanila na kanilang natanggap, kanyang winika sa kanila: Masdan, may mga ibang banal na kasulatan na nais kong inyong isulat, na wala kayo.
- 7 At ito ay nangyari na, na kanyang sinabi kay Nephi: Dalhin mo rito ang talaang iyong iningatan.
- 8 At nang madala ni Nephi ang mga talaan, at nailatag ang mga yaon sa harapan niya, itinitig niya ang kanyang mga mata sa kanila at nagsabi:
- 9 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, ako ay nag-utos sa aking tagapaglingkod na si Samuel, ang Lamanita, na siya ay magpatotoo sa mga taong ito, na sa araw na luluwalhatiin ng Ama ang kanyang pangalan sa akin na maraming banal ang magbabangon mula sa pagkamatay, at magpapakita sa marami, at maglilingkod sa kanila. At kanyang sinabi sa kanila: Hindi ba?

### 3 Nephi 23

And now, behold, I say unto you, that ye ought to search these things. Yea, a commandment I give unto you that ye search these things diligently; for great are the words of Isaia.

For surely he spake as touching all things concerning my people which are of the house of Israel; therefore it must needs be that he must speak also to the Gentiles.

And all things that he spake have been and shall be, even according to the words which he spake.

Therefore give heed to my words; write the things which I have told you; and according to the time and the will of the Father they shall go forth unto the Gentiles.

And whosoever will hearken unto my words and repenteth and is baptized, the same shall be saved. Search the prophets, for many there be that testify of these things.

And now it came to pass that when Jesus had said these words he said unto them again, after he had expounded all the scriptures unto them which they had received, he said unto them: Behold, other scriptures I would that ye should write, that ye have not.

And it came to pass that he said unto Nephi: Bring forth the record which ye have kept.

And when Nephi had brought forth the records, and laid them before him, he cast his eyes upon them and said:

Verily I say unto you, I commanded my servant Samuel, the Lamanite, that he should testify unto this people, that at the day that the Father should glorify his name in me that there were many saints who should arise from the dead, and should appear unto many, and should minister unto them. And he said unto them: Was it not so?

- 10 At ang kanyang mga disipulo ay tumugon sa kanya at nagsabi: Oo, Panginoon, si Samuel ay nagpropesiya alinsunod sa inyong mga salita, at lahat ng yaon ay natupad.
- 11 At sinabi ni Jesus sa kanila: Paanong hindi ninyo naisulat ang bagay na ito, na maraming banal ang nagbangon at nagpakita sa marami at naglingkod sa kanila?
- 12 At ito ay nangyari na, na naalaala ni Nephi na ang bagay na ito ay hindi naisulat.
- 13 At ito ay nangyari na, na iniutos ni Jesus na ito ay isulat; kaya nga, ito ay isinulat alinsunod sa kanyang iniutos.
- 14 At ngayon ito ay nangyari na, nang maipaliwanag ni Jesus ang lahat ng banal na kasulatan sa kabuuan, na kanilang isinulat, kanyang iniutos sa kanila na kanilang ituro ang mga bagay na kanyang ipinaliwanag sa kanila.

And his disciples answered him and said: Yea, Lord, Samuel did prophesy according to thy words, and they were all fulfilled.

And Jesus said unto them: How be it that ye have not written this thing, that many saints did arise and appear unto many and did minister unto them?

And it came to pass that Nephi remembered that this thing had not been written.

And it came to pass that Jesus commanded that it should be written; therefore it was written according as he commanded.

And now it came to pass that when Jesus had expounded all the scriptures in one, which they had written, he commanded them that they should teach the things which he had expounded unto them.

### 3 Nephi 24

- 1 At ito ay nangyari na, na kanyang iniutos sa kanila na nararapat nilang isulat ang mga salitang ibinigay ng Ama kay Malakias, na kanyang sasabihin sa kanila. At ito ay nangyari na, na matapos na ang mga iyon ay maisulat, kanyang ipinaliwanag yaon. At ito ang mga salitang kanyang sinabi sa kanila, sinasabing: Ganito ang sinabi ng Ama kay Malakias—Masdan, isusugo ko ang aking sugo, at kanyang ihahanda ang daan bago ako pumarito, at ang Panginoong inyong hinahanap ay paroroong bigla sa kanyang templo, maging ang sugo ng tipan, na inyong kinalulugdan; masdan, siya ay paparito, wika ng Panginoon ng mga Hukbo.
- 2 Ngunit sino ang makatatagal sa araw ng kanyang pagparito, at sino ang makapananatili kapag siya ay magpakita? Sapagkat siya ay katulad ng apoy ng isang maglalanday, at katulad ng sabon ng isang tagapagpaputi.
- 3 At siya ay mauupo katulad ng isang maglalanday at magdadalisay ng pilak; at kanyang dadalisayin ang mga anak na lalaki ni Levi, at lilinisin sila katulad ng ginto at pilak, upang sila ay makapag-alay sa Panginoon ng handog sa kabutihan.
- 4 Pagkatapos, ang handog ng Juda at Jerusalem ay magiging kalugud-lugod sa Panginoon, katulad noong sinauna, at katulad ng mga taong lumipas.
- 5 At ako ay lalapit sa inyo sa paghatol; at ako ay magiging handang saksi laban sa mga mangkukulam, at laban sa mga nakikiapid, at laban sa mga bulaang saksi, at laban sa yaong nandaraya sa upahan sa kanyang pasahod, sa bala at mga walang ama, at sa nagsasaisantabi sa dayuhan, at hindi natatakot sa akin, wika ng Panginoon ng mga Hukbo.
- 6 Sapagkat ako ang Panginoon, hindi ako nagbabago; kaya nga kayong mga anak na lalaki ni Jacob ay hindi mauubos.
- 7 Maging mula noong mga araw ng inyong mga ama kayo ay lumihis sa aking mga ordenansa, at hindi ninyo sinunod ang mga yaon. Magbalik kayo sa akin at ako ay magbabalik sa inyo, wika ng Panginoon ng mga Hukbo. Ngunit inyong sinabi: Ano ang kailangan naming gawin upang makabalik?

### 3 Nephi 24

And it came to pass that he commanded them that they should write the words which the Father had given unto Malachi, which he should tell unto them. And it came to pass that after they were written he expounded them. And these are the words which he did tell unto them, saying: Thus said the Father unto Malachi—Behold, I will send my messenger, and he shall prepare the way before me, and the Lord whom ye seek shall suddenly come to his temple, even the messenger of the covenant, whom ye delight in; behold, he shall come, saith the Lord of Hosts.

But who may abide the day of his coming, and who shall stand when he appeareth? For he is like a refiner's fire, and like fuller's soap.

And he shall sit as a refiner and purifier of silver; and he shall purify the sons of Levi, and purge them as gold and silver, that they may offer unto the Lord an offering in righteousness.

Then shall the offering of Judah and Jerusalem be pleasant unto the Lord, as in the days of old, and as in former years.

And I will come near to you to judgment; and I will be a swift witness against the sorcerers, and against the adulterers, and against false swearers, and against those that oppress the hireling in his wages, the widow and the fatherless, and that turn aside the stranger, and fear not me, saith the Lord of Hosts.

For I am the Lord, I change not; therefore ye sons of Jacob are not consumed.

Even from the days of your fathers ye are gone away from mine ordinances, and have not kept them. Return unto me and I will return unto you, saith the Lord of Hosts. But ye say: Wherein shall we return?

8 Nanakawan ba ng tao ang Diyos? Gayunman, inyo akong ninakawan. Ngunit inyong sinasabi: Sa ano namin kayo ninakawan? Sa mga ikasampung bahagi at mga handog.

9 Kayo ay isinumpa ng isang sumpa, sapagkat ninakawan ninyo ako, maging nitong buong bansa.

10 Dalhin ninyo ang lahat ng ikasampung bahagi sa kamalig nang magkaroon ng pagkain sa aking bahay; at subukin ninyo ako ngayon, wika ng Panginoon ng mga Hukbo, kung hindi ko bubuksan sa inyo ang mga durungawan ng langit, at ibubuhos sa inyo ang isang pagpapala na walang sapat na lugar na mapaglalaman nito.

11 At aking pagsasabihan ang maninila para sa inyong mga kapakanan, at hindi niya sisirain ang mga bunga ng inyong lupa; ni malalagasan man ng bunga ang inyong ubasan sa mga bukid nang wala sa panahon, wika ng Panginoon ng mga Hukbo.

12 At lahat ng bansa ay tatawagin kayong pinagpala sapagkat kayo ay magiging isang kalugud-lugod na lupain, wika ng Panginoon ng mga Hukbo.

13 Ang inyong mga salita ay naging lapastangan laban sa akin, wika ng Panginoon. Gayunman, inyong sinasabi: Ano ang aming sinabi laban sa inyo?

14 Inyong sinabi: Walang saysay ang maglingkod sa Diyos, at ano ang kapakinabangan na aming sundin ang kanyang mga ordenansa at ang kami ay lumakad na nagdadalamhati sa harapan ng Panginoon ng mga Hukbo?

15 At ngayon, tinatawag namin ang palalo na masaya, oo, sila na gumagawa ng kasamaan ay nasa ayos; oo, sila na tumutukso sa Diyos ay naligtas pa.

16 Pagkatapos, sila na natatakot sa Panginoon ay madalas na nakipag-usap sa isa't isa, at pinakinggan ng Panginoon at dininig; at isang aklat ng alaala ang isinulat sa harapan niya para sa kanila na natakot sa Panginoon, at gumugunita sa kanyang pangalan.

17 At sila ay magiging akin, wika ng Panginoon ng mga Hukbo, sa araw na yaon kung kailan aking bubuuin ang aking mga hiyas; at akin silang ililigtas katulad ng isang taong nagliligtas ng kanyang sariling anak na naglilingkod sa kanya.

Will a man rob God? Yet ye have robbed me. But ye say: Wherein have we robbed thee? In tithes and offerings.

Ye are cursed with a curse, for ye have robbed me, even this whole nation.

Bring ye all the tithes into the storehouse, that there may be meat in my house; and prove me now herewith, saith the Lord of Hosts, if I will not open you the windows of heaven, and pour you out a blessing that there shall not be room enough to receive it.

And I will rebuke the devourer for your sakes, and he shall not destroy the fruits of your ground; neither shall your vine cast her fruit before the time in the fields, saith the Lord of Hosts.

And all nations shall call you blessed, for ye shall be a delightsome land, saith the Lord of Hosts.

Your words have been stout against me, saith the Lord. Yet ye say: What have we spoken against thee?

Ye have said: It is vain to serve God, and what doth it profit that we have kept his ordinances and that we have walked mournfully before the Lord of Hosts?

And now we call the proud happy; yea, they that work wickedness are set up; yea, they that tempt God are even delivered.

Then they that feared the Lord spake often one to another, and the Lord hearkened and heard; and a book of remembrance was written before him for them that feared the Lord, and that thought upon his name.

And they shall be mine, saith the Lord of Hosts, in that day when I make up my jewels; and I will spare them as a man spareth his own son that serveth him.

18 Pagkatapos, kayo ay magbabalik at makikilala ang pagkakaiba ng mabuti at ng masama, siya na naglilingkod sa Diyos at siya na hindi naglilingkod sa kanya.

Then shall ye return and discern between the righteous and the wicked, between him that serveth God and him that serveth him not.

### 3 Nephi 25

- 1 Sapagkat masdan, ang araw ay darating na magniningas na tulad ng hurno; at lahat ng palalo, oo, lahat ng gumagawa ng kasamaan, ay magiging pinaggapasan; at ang araw na darating ay susunog sa kanila, wika ng Panginoon ng mga Hukbo, at hindi mag-iiwan sa kanila kahit ugat o sanga.
- 2 Ngunit sa inyo na natatakot sa aking pangalan, ay babangon ang Anak ng Kabutihan na may pagpapagaling sa kanyang mga bagwis; at kayo ay hahayo at lalaki na parang mga guya sa kuwadra.
- 3 At inyong yuyurakan ang masasama; sapagkat sila ay magiging abo sa ilalim ng inyong mga talampakan sa araw na yaon na aking gagawin ito, wika ng Panginoon ng mga Hukbo.
- 4 Alalahanin ninyo ang mga batas ni Moises, na aking tagapaglingkod, na iniutos ko sa kanya sa Horeb para sa buong Israel, lakip ang mga batas at kaparusahan.
- 5 Masdan, isusugo ko sa inyo ang propetang si Elias bago dumating ang dakila at kakila-kilabot na araw ng Panginoon;
- 6 At kanyang ibabaling ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga ama, kung hindi, ako ay paparito at parurusahan ang lupa ng isang sumpa.

### 3 Nephi 25

For behold, the day cometh that shall burn as an oven; and all the proud, yea, and all that do wickedly, shall be stubble; and the day that cometh shall burn them up, saith the Lord of Hosts, that it shall leave them neither root nor branch.

But unto you that fear my name, shall the Son of Righteousness arise with healing in his wings; and ye shall go forth and grow up as calves in the stall.

And ye shall tread down the wicked; for they shall be ashes under the soles of your feet in the day that I shall do this, saith the Lord of Hosts.

Remember ye the law of Moses, my servant, which I commanded unto him in Horeb for all Israel, with the statutes and judgments.

Behold, I will send you Elijah the prophet before the coming of the great and dreadful day of the Lord;

And he shall turn the heart of the fathers to the children, and the heart of the children to their fathers, lest I come and smite the earth with a curse.



### 3 Nephi 26

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, nang sabihin ni Jesus ang mga bagay na ito ay ipinaliwanag niya yaon sa maraming tao; at kanyang ipinaliwanag ang lahat ng bagay sa kanila, maging ang napakahalaga o di gaanong mahalaga.
- 2 At kanyang winika: Ang mga banal na kasulatang ito, na wala sa inyo, ay iniutos ng Ama na ibigay ko sa inyo; sapagkat karunungan sa kanya na nararapat ibigay ang mga ito sa mga darating na salinlahi.
- 3 At kanyang ipinaliwanag ang lahat ng bagay, maging mula sa simula hanggang sa panahon na siya ay paparito sa kanyang kaluwalhatian—oo, maging ang lahat ng bagay na mangyayari sa balat ng lupa, maging hanggang sa ang mga elemento ay matunaw sa matinding init, at ang lupa ay sama-samang mababalot katulad ng nakalulon na papel, at ang langit at ang lupa ay lilipas;
- 4 At maging sa dakila at huling araw, na ang lahat ng tao, at lahat ng magkakamag-anak, at lahat ng bansa at wika ay tatayo sa harapan ng Diyos, upang hatulan sa kanilang mga gawa, kung sila ay mabubuti o kung sila ay masasama—
- 5 Kung sila ay naging mabubuti, tungo sa pagkabuhay na mag-uli sa buhay na walang hanggan; at kung sila ay naging masasama, sa pagkabuhay na mag-uli sa kapahamakan; bilang magkaagapay, isa sa isang dako at ang isa sa kabilang dako, alinsunod sa awa, at katarungan, at sa kabanalan na na kay Cristo, na buhay na bago pa nagsimula ang daigdig.
- 6 At ngayon hindi maaaring isulat sa aklat na ito maging ang ika-isandaang bahagi ng mga bagay na tunay na itinuro ni Jesus sa mga tao;
- 7 Ngunit masdan, ang mga lamina ni Nephi ay naglalalaman ng malaking bahagi ng mga bagay na kanyang itinuro sa mga tao.
- 8 At ang mga bagay na ito ay isinulat ko, na isang maliit na bahagi ng mga bagay na kanyang itinuro sa mga tao; at isinulat ko ang mga iyon sa layuning yaon ay muling madala sa mga taong ito, mula sa mga Gentil, alinsunod sa mga salitang winika ni Jesus.

### 3 Nephi 26

And now it came to pass that when Jesus had told these things he expounded them unto the multitude; and he did expound all things unto them, both great and small.

And he saith: These scriptures, which ye had not with you, the Father commanded that I should give unto you; for it was wisdom in him that they should be given unto future generations.

And he did expound all things, even from the beginning until the time that he should come in his glory—yea, even all things which should come upon the face of the earth, even until the elements should melt with fervent heat, and the earth should be wrapt together as a scroll, and the heavens and the earth should pass away;

And even unto the great and last day, when all people, and all kindreds, and all nations and tongues shall stand before God, to be judged of their works, whether they be good or whether they be evil—

If they be good, to the resurrection of everlasting life; and if they be evil, to the resurrection of damnation; being on a parallel, the one on the one hand and the other on the other hand, according to the mercy, and the justice, and the holiness which is in Christ, who was before the world began.

And now there cannot be written in this book even a hundredth part of the things which Jesus did truly teach unto the people;

But behold the plates of Nephi do contain the more part of the things which he taught the people.

And these things have I written, which are a lesser part of the things which he taught the people; and I have written them to the intent that they may be brought again unto this people, from the Gentiles, according to the words which Jesus hath spoken.

- 9 At kapag kanilang matanggap ito, na kapaki-pakinabang munang mapasakanila, upang subukin ang kanilang pananampalataya, at kung mangyayari na sila ay maniniwala sa mga bagay na ito, sa gayon, ang mga bagay na higit na dakila ay ipaaalam sa kanila.
- 10 At kung mangyayari na sila ay hindi maniniwala sa mga bagay na ito, sa gayon, ang mga bagay na higit na dakila ay ipagkakait sa kanila, tungo sa kanilang ikasusumpa.
- 11 Masdan, isusulat ko na sana ang mga yaon, lahat ng nakaukit sa mga lamina ni Nephi, ngunit ipinagbawal ito ng Panginoon, sinasabing: Susubukin ko ang pananampalataya ng aking mga tao.
- 12 Kaya nga, ako, si Mormon ay isinusulat ang mga bagay na iniutos sa akin ng Panginoon. At ngayon ako, si Mormon, ay nagtatapos sa aking mga pananalita, at magpapatuloy sa pagsulat sa mga bagay na iniutos sa akin.
- 13 Kaya nga, nais kong inyong mamasdan na tunay na tinuruan ng Panginoon ang mga tao, sa loob ng tatlong araw; at pagkatapos niyon ay ipinakita niya ang kanyang sarili sa kanila nang madalas, at madalas na magputul-putol ng tinapay, at binabasbasan ito, at ibinibigay ito sa kanila.
- 14 At ito ay nangyari na, na siya ay nagturo at naglingkod sa mga anak ng maraming tao na nabanggit, at kanyang kinalagan ang kanilang mga dila, at sila ay nangusap sa kanilang mga ama ng mga dakila at kagila-gilalas na bagay, maging higit na dakila kaysa roon sa kanyang inihayag sa mga tao; at kanyang kinalagan ang kanilang mga dila nang sila ay makapangusap.
- 15 At ito ay nangyari na, na matapos na siya ay umakyat sa langit—sa ikalawang pagkakataon na ipinakita niya ang kanyang sarili sa kanila, at nagtungo sa Ama, matapos na pagalingin ang lahat ng kanilang mga may karamdaman, at ang kanilang mga pilay, at buksan ang mga mata ng kanilang mga bulag at alisin ang bara sa mga tainga ng mga bingi, at maging sa magawa ang lahat ng uri ng mga pagpapagaling sa kanila, at ibangon ang isang tao mula sa patay, at ipakita ang kanyang kapangyarihan sa kanila, at umakyat sa Ama—

And when they shall have received this, which is expedient that they should have first, to try their faith, and if it shall so be that they shall believe these things then shall the greater things be made manifest unto them.

And if it so be that they will not believe these things, then shall the greater things be withheld from them, unto their condemnation.

Behold, I was about to write them, all which were engraven upon the plates of Nephi, but the Lord forbade it, saying: I will try the faith of my people.

Therefore I, Mormon, do write the things which have been commanded me of the Lord. And now I, Mormon, make an end of my sayings, and proceed to write the things which have been commanded me.

Therefore, I would that ye should behold that the Lord truly did teach the people, for the space of three days; and after that he did show himself unto them oft, and did break bread oft, and bless it, and give it unto them.

And it came to pass that he did teach and minister unto the children of the multitude of whom hath been spoken, and he did loose their tongues, and they did speak unto their fathers great and marvelous things, even greater than he had revealed unto the people; and he loosed their tongues that they could utter.

And it came to pass that after he had ascended into heaven—the second time that he showed himself unto them, and had gone unto the Father, after having healed all their sick, and their lame, and opened the eyes of their blind and unstopped the ears of the deaf, and even had done all manner of cures among them, and raised a man from the dead, and had shown forth his power unto them, and had ascended unto the Father—

- 16 Masdan, ito ay nangyari na, na kinabukasan ang maraming tao ay nagtipun-tipong magkakasama, at kapwa nila nakita at narinig ang mga batang ito; oo, maging ang mga sanggol ay nagbukas ng kanilang mga bibig at nangusap ng mga kagila-gilalas na bagay; at ang mga bagay na kanilang winika ay ipinagbawal na isulat ng sinumang tao.
- 17 At ito ay nangyari na, na ang mga disipulong pinili ni Jesus ay nagsimula buhat sa panahong yaon na magbinyag at magturo sa kasindami ng lumapit sa kanila; at kasindami ng nagpabinyag sa pangalan ni Jesus ay napuspos ng Espiritu Santo.
- 18 At marami sa kanila ang nakakita at nakarinig ng mga bagay na hindi masasambit, na hindi pinahihintulatang isulat.
- 19 At sila ay nagturo, at naglingkod sa isa't isa; at may pagkakapantay-pantay sila sa lahat ng bagay sa kanila, bawat tao ay nakikitungo nang makatarungan sa isa't isa.
- 20 At ito ay nangyari na, na isinagawa nila ang lahat ng bagay maging katulad ng iniutos ni Jesus sa kanila.
- 21 At sila na nabinyagan sa pangalan ni Jesus ay tinawag na simbahan ni Cristo.

Behold, it came to pass on the morrow that the multitude gathered themselves together, and they both saw and heard these children; yea, even babes did open their mouths and utter marvelous things; and the things which they did utter were forbidden that there should not any man write them.

And it came to pass that the disciples whom Jesus had chosen began from that time forth to baptize and to teach as many as did come unto them; and as many as were baptized in the name of Jesus were filled with the Holy Ghost.

And many of them saw and heard unspeakable things, which are not lawful to be written.

And they taught, and did minister one to another; and they had all things common among them, every man dealing justly, one with another.

And it came to pass that they did do all things even as Jesus had commanded them.

And they who were baptized in the name of Jesus were called the church of Christ.

### 3 Nephi 27

- 1 At ito ay nangyari na, na samantalang ang mga disipulo ni Jesus ay naglalakbay at ipinangangaral ang mga bagay na kapwa nila nakita at narinig, at nagbibinyag sa pangalan ni Jesus, ito ay nangyari na, na ang mga disipulo ay magkakasamang nagtipon at nagkaisa sa mataimtim na panalangin at pag-aayuno.
- 2 At muling ipinakita ni Jesus ang kanyang sarili sa kanila, sapagkat sila ay nananalangin sa Ama sa kanyang pangalan; at si Jesus ay dumating at tumayo sa gitna nila, at sinabi sa kanila: Ano ang nais ninyong ibigay ko sa inyo?
- 3 At kanilang sinabi sa kanya: Panginoon, nais naming sabihin ninyo sa amin ang pangalan kung paano namin tatawagin ang simbhang ito; sapagkat may mga pagtatalo sa mga tao hinggil sa bagay na ito.
- 4 At sinabi ng Panginoon sa kanila: Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, bakit kinakailangang bumulong-bulong ang mga tao at magtalo dahil sa bagay na ito?
- 5 Hindi ba nila nabasa ang mga banal na kasulatan, na nagsasabing inyong taglayin ang pangalan ni Cristo, na aking pangalan? Sapagkat sa pangalang ito kayo tatawagin sa huling araw;
- 6 At sinuman ang magtataglay ng aking pangalan, at magtitiis hanggang wakas, siya rin ay maliligtas sa huling araw.
- 7 Kaya nga, anuman ang inyong gagawin, gawin ninyo ito sa aking pangalan; kaya nga tatawagin ninyo ang simbahan sa aking pangalan; at kayo ay mananawagan sa Ama sa aking pangalan upang kanyang pagpalain ang simbahan alang-alang sa akin.
- 8 At paano ito magiging simbahan ko maliban kung ito ay tinatawag sa aking pangalan? Sapagkat kung ang isang simbahan ay tinatawag sa pangalan ni Moises, kung gayon iyon ay simbahan ni Moises; o kung iyon ay tatawagin sa pangalan ng isang tao kung gayon iyon ay simbahan ng isang tao; ngunit kung ito ay tinatawag sa aking pangalan kung gayon ito ay aking simbahan, kung mangyayari na ang mga ito ay nakatayo sa aking ebanghelyo.

### 3 Nephi 27

And it came to pass that as the disciples of Jesus were journeying and were preaching the things which they had both heard and seen, and were baptizing in the name of Jesus, it came to pass that the disciples were gathered together and were united in mighty prayer and fasting.

And Jesus again showed himself unto them, for they were praying unto the Father in his name; and Jesus came and stood in the midst of them, and said unto them: What will ye that I shall give unto you?

And they said unto him: Lord, we will that thou wouldst tell us the name whereby we shall call this church; for there are disputations among the people concerning this matter.

And the Lord said unto them: Verily, verily, I say unto you, why is it that the people should murmur and dispute because of this thing?

Have they not read the scriptures, which say ye must take upon you the name of Christ, which is my name? For by this name shall ye be called at the last day;

And whoso taketh upon him my name, and endureth to the end, the same shall be saved at the last day.

Therefore, whatsoever ye shall do, ye shall do it in my name; therefore ye shall call the church in my name; and ye shall call upon the Father in my name that he will bless the church for my sake.

And how be it my church save it be called in my name? For if a church be called in Moses' name then it be Moses' church; or if it be called in the name of a man then it be the church of a man; but if it be called in my name then it is my church, if it so be that they are built upon my gospel.

- 9 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na kayo ay nakatayo sa aking ebanghelyo; kaya nga, inyong tatawagin ang mga anumang bagay na inyong tatawagin, sa aking pangalan; kaya nga, kapag kayo ay nananawagan sa Ama, para sa simbahan, kung ito ay sa aking pangalan, diringgin kayo ng Ama;
- 10 At kung mangyayari na ang simbahan ay nakatayo sa aking ebanghelyo at saka lamang ipakikita ng Ama ang kanyang sariling mga gawain dito.
- 11 Ngunit kung hindi ito nakatayo sa aking ebanghelyo, at nakatayo sa mga gawa ng tao, o sa mga gawa ng diyablo, katotohanang sinasabi ko sa inyo na mayroon silang kagalakan sa kanilang mga gawa nang kaunting panahon, at maya-maya ang wakas ay darating, at sila ay puputulin at ihahagis sa apoy, kung saan ay walang makabalik.
- 12 Sapagkat ang kanilang mga gawa ay sumusunod sa kanila, sapagkat dahil sa kanilang mga gawa kung kaya sila ay pinuputol; kaya nga, tandaan ang mga bagay na sinabi ko sa inyo.
- 13 Masdan, naibigay ko na sa inyo ang aking ebanghelyo, at ito ang ebanghelyo na aking ibinigay sa inyo—na ako ay pumarito sa daigdig upang gawin ang kalooban ng aking Ama, sapagkat isinugo ako ng aking Ama.
- 14 At isinugo ako ng aking Ama upang ako ay ipako sa krus; at matapos na ako ay maipako sa krus, upang mahikayat ko ang lahat ng tao na lumapit sa akin, at katulad ng pagtataas sa akin ng mga tao gayundin ang mga tao ay ibabangon ng aking Ama, upang tumayo sa harapan ko, upang hatulan sa kanilang mga gawa, kung ang mga yaon ay mabuti o kung ang mga yaon ay masama—
- 15 At sa dahilang ito ako ay ipinako; kaya nga, alinsunod sa kapangyarihan ng Ama ay hihikayatin ko ang lahat ng tao sa akin, upang sila ay mahatulan alinsunod sa kanilang mga gawa.
- 16 At ito ay mangyayari, na sinuman ang magsisisi at mabibinyagan sa aking pangalan ay mapupuspos; at kung siya ay magtitiis hanggang wakas, masdan, siya ay pawawalan ko ng sala sa harapan ng aking Ama sa araw na yaon kung kailan ako tatayo upang hatulan ang sanlibutan.

Verily I say unto you, that ye are built upon my gospel; therefore ye shall call whatsoever things ye do call, in my name; therefore if ye call upon the Father, for the church, if it be in my name the Father will hear you;

And if it so be that the church is built upon my gospel then will the Father show forth his own works in it.

But if it be not built upon my gospel, and is built upon the works of men, or upon the works of the devil, verily I say unto you they have joy in their works for a season, and by and by the end cometh, and they are hewn down and cast into the fire, from whence there is no return.

For their works do follow them, for it is because of their works that they are hewn down; therefore remember the things that I have told you.

Behold I have given unto you my gospel, and this is the gospel which I have given unto you—that I came into the world to do the will of my Father, because my Father sent me.

And my Father sent me that I might be lifted up upon the cross; and after that I had been lifted up upon the cross, that I might draw all men unto me, that as I have been lifted up by men even so should men be lifted up by the Father, to stand before me, to be judged of their works, whether they be good or whether they be evil—

And for this cause have I been lifted up; therefore, according to the power of the Father I will draw all men unto me, that they may be judged according to their works.

And it shall come to pass, that whoso repenteth and is baptized in my name shall be filled; and if he endureth to the end, behold, him will I hold guiltless before my Father at that day when I shall stand to judge the world.

- 17 At siya na hindi magtitiis hanggang wakas, siya rin ang siyang mapuputol at ihahagis sa apoy, kung saan sila ay hindi na makababalik pa, dahil sa katarungan ng Ama.
- 18 At ito ang salitang kanyang ibinigay sa mga anak ng tao. At sa ganitong dahilan kanyang tinutupad ang mga salitang kanyang ibinigay, at hindi siya nagsisinungaling, kundi tinutupad ang lahat ng kanyang mga salita.
- 19 At walang maruming bagay ang makapapasok sa kanyang kaharian; anupa't walang makapapasok sa kanyang kapahingahan maliban sa mga yaong nahugasan ang kanilang mga kasuotan ng aking dugo, dahil sa kanilang pananampalataya, at sa pagsisisi ng lahat ng kanilang mga kasalanan, at sa kanilang katapatan hanggang sa wakas.
- 20 Ngayon, ito ang kautusan: Magsisi, lahat kayong nasa mga dulo ng mundo, at lumapit sa akin at magpabinyag sa aking pangalan, upang kayo ay pabanalin sa pamamagitan ng pagtanggap sa Espiritu Santo, upang kayo ay makatayong walang bahid-dungis sa aking harapan sa huling araw.
- 21 Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, ito ang aking ebanghelyo; at alam ninyo ang mga bagay na kinakailangan ninyong gawin sa aking simbahan; sapagkat ang mga gawang nakita ninyong ginawa ko ay siya rin ninyong gagawin; sapagkat yaong nakita ninyong ginawa ko ay gayon din ang nararapat ninyong gawin;
- 22 Samakatwid, kung gagawin ninyo ang mga bagay na ito, pinagpala kayo, sapagkat kayo ay dadakilain sa huling araw.
- 23 Isulat ang mga bagay na inyong nakita at narinig, maliban doon sa mga ipinagbabawal.
- 24 Isulat ang mga gawain ng mga taong ito, na mga mangyayari, maging katulad ng mga naisulat na, katulad ng mga nangyari na.
- 25 Sapagkat masdan, mula sa mga aklat na naisulat na, at isusulat pa, ay hahatulan ang mga taong ito, sapagkat sa pamamagitan ng mga yaon ang kanilang mga gawa ay ipahahayag sa mga tao.
- 26 At masdan, ang lahat ng bagay ay isinulat ng Ama; kaya nga, mula sa mga aklat na isusulat ang sanlibutan ay hahatulan.

And he that endureth not unto the end, the same is he that is also hewn down and cast into the fire, from whence they can no more return, because of the justice of the Father.

And this is the word which he hath given unto the children of men. And for this cause he fulfilleth the words which he hath given, and he lieth not, but fulfilleth all his words.

And no unclean thing can enter into his kingdom; therefore nothing entereth into his rest save it be those who have washed their garments in my blood, because of their faith, and the repentance of all their sins, and their faithfulness unto the end.

Now this is the commandment: Repent, all ye ends of the earth, and come unto me and be baptized in my name, that ye may be sanctified by the reception of the Holy Ghost, that ye may stand spotless before me at the last day.

Verily, verily, I say unto you, this is my gospel; and ye know the things that ye must do in my church; for the works which ye have seen me do that shall ye also do; for that which ye have seen me do even that shall ye do;

Therefore, if ye do these things blessed are ye, for ye shall be lifted up at the last day.

Write the things which ye have seen and heard, save it be those which are forbidden.

Write the works of this people, which shall be, even as hath been written, of that which hath been.

For behold, out of the books which have been written, and which shall be written, shall this people be judged, for by them shall their works be known unto men.

And behold, all things are written by the Father; therefore out of the books which shall be written shall the world be judged.

27 At alam ninyo na kayo ay magiging mga hukom ng mga taong ito, alinsunod sa kahatulan na aking ibibigay sa inyo, na magiging makatarungan. Kung gayon, maging anong uri ng mga tao ba nararapat kayo? Katotohanang sinasabi ko sa inyo, maging katulad ko.

28 At ngayon, ako ay patutungo sa Ama. At katotohanang sinasabi ko sa inyo, anumang mga bagay ang hihingi ninyo sa Ama sa aking pangalan ay ipagkakaloob sa inyo.

29 Kaya nga, humingi, at kayo ay makatatanggap; kumatok, at kayo ay pagbubuksan; sapagkat siya na humihingi ay tumatanggap; at siya na kumatok ay pagbubuksan.

30 At ngayon, masdan, ang aking kagalakan ay lubos, maging hanggang sa kapunuan, dahil sa inyo, at gayon din sa salinlahing ito; oo, at maging ang Ama ay nagsasaya, at gayon din ang lahat ng banal na anghel, dahil sa inyo at sa salinlahing ito; sapagkat wala sa kanila ang naliligaw.

31 Masdan, nais kong inyong maunawaan; sapagkat ang tinutukoy ko ay sila na ngayon ay nabubuhay sa salinlahing ito; at wala sa kanila ang naliligaw; at sa kanila ay ganap ang aking kagalakan.

32 Ngunit masdan, ako ay nagdadalamhati dahil sa ikaapat na salinlahi mula sa salinlahing ito, sapagkat sila ay naakay palayo na bihag niya maging katulad ng anak na lalaki ng kapahamakan; sapagkat ipagbibili nila ako sa pilak at sa ginto, at sa mga yaong sinisira ng tanga at kung saan ang mga magnanakaw ay sapilitang nakapapasok at nagnanakaw. At sa araw na iyon sila ay parurusahan ko, maging sa pagbabalik ng kanilang mga gawa sa kanilang mga sariling ulo.

33 At ito ay nangyari na, nang matapos si Jesus sa mga salitang ito ay sinabi niya sa kanyang mga disipulo: Pumasok kayo sa makipot na pasukan; sapagkat makipot ang pasukan, at makitid ang daan patungo sa buhay, at kakaunti ang makasusumpong nito; ngunit malapad ang pasukan, at malawak ang daan patungo sa kamatayan, at marami ang naglalakbay roon, hanggang sa sumapit ang gabi, kung saan ay walang taong makagagawa pa.

And know ye that ye shall be judges of this people, according to the judgment which I shall give unto you, which shall be just. Therefore, what manner of men ought ye to be? Verily I say unto you, even as I am.

And now I go unto the Father. And verily I say unto you, whatsoever things ye shall ask the Father in my name shall be given unto you.

Therefore, ask, and ye shall receive; knock, and it shall be opened unto you; for he that asketh, receiveth; and unto him that knocketh, it shall be opened.

And now, behold, my joy is great, even unto fullness, because of you, and also this generation; yea, and even the Father rejoiceth, and also all the holy angels, because of you and this generation; for none of them are lost.

Behold, I would that ye should understand; for I mean them who are now alive of this generation; and none of them are lost; and in them I have fulness of joy.

But behold, it sorroweth me because of the fourth generation from this generation, for they are led away captive by him even as was the son of perdition; for they will sell me for silver and for gold, and for that which moth doth corrupt and which thieves can break through and steal. And in that day will I visit them, even in turning their works upon their own heads.

And it came to pass that when Jesus had ended these sayings he said unto his disciples: Enter ye in at the strait gate; for strait is the gate, and narrow is the way that leads to life, and few there be that find it; but wide is the gate, and broad the way which leads to death, and many there be that travel therein, until the night cometh, wherein no man can work.

### 3 Nephi 28

- 1 At ito ay nangyari na, nang sabihin ni Jesus ang mga salitang ito, siya ay nangusap sa kanyang mga disipulo, isa-isa, sinasabi sa kanila: Ano ba ang inyong hihilingin sa akin, matapos na ako ay pumaroon sa Ama?
- 2 At silang lahat ay nangusap, maliban sa tatlo, sinasabing: Hinihiling namin na pagkatapos naming mabuhay hanggang sa gulang ng tao, na ang aming ministeryo, kung saan kami ay tinawag ninyo, ay magkaroon ng wakas, na kami ay mabilis na magtungo sa inyo sa inyong kaharian.
- 3 At kanyang sinabi sa kanila: Pinagpala kayo dahil sa hiniling ninyo ang bagay na ito sa akin; kaya nga, matapos na kayo ay maging pitumpu at dalawang taong gulang kayo ay paroroon sa akin sa aking kaharian; at sa akin matatagpuan ninyo ang kapahingahan.
- 4 At nang siya ay makapangusap na sa kanila, ibinaling niya ang kanyang sarili sa tatlo, at sinabi sa kanila: Ano ang nais ninyong gawin ko para sa inyo, kapag ako ay pumaroon na sa Ama?
- 5 At sila ay nalungkot sa kanilang mga puso, sapagkat hindi nila masabi sa kanya ang bagay na kanilang ninanais.
- 6 At kanyang sinabi sa kanila: Masdan, nalalaman ko ang inyong mga iniisip, at inyong nais ang bagay na kung alin, si Juan, na aking pinakamamahal, na nakasama ko sa aking ministeryo, bago ako ipinako ng mga Judio, ay hiniling sa akin.
- 7 Kaya nga, higit kayong pinagpala, sapagkat hindi kayo kailanman makatitikim ng kamatayan; kundi kayo ay mabubuhay upang mamasdan ang lahat ng gawa ng Ama sa mga anak ng tao, maging hanggang sa ang lahat ng bagay ay matupad alinsunod sa kalooban ng Ama, kung kailan ako ay paparito sa aking kaluwalhatian sa kapangyarihan ng langit.
- 8 At hindi ninyo kailanman titiisin ang mga kirot ng kamatayan; kundi sa pagparito ko sa aking kaluwalhatian, kayo ay mababago sa isang kisapmata mula sa pagiging may kamatayan sa pagiging walang kamatayan; at pagkatapos kayo ay pagpapalain sa kaharian ng aking Ama.

### 3 Nephi 28

And it came to pass when Jesus had said these words, he spake unto his disciples, one by one, saying unto them: What is it that ye desire of me, after that I am gone to the Father?

And they all spake, save it were three, saying: We desire that after we have lived unto the age of man, that our ministry, wherein thou hast called us, may have an end, that we may speedily come unto thee in thy kingdom.

And he said unto them: Blessed are ye because ye desired this thing of me; therefore, after that ye are seventy and two years old ye shall come unto me in my kingdom; and with me ye shall find rest.

And when he had spoken unto them, he turned himself unto the three, and said unto them: What will ye that I should do unto you, when I am gone unto the Father?

And they sorrowed in their hearts, for they durst not speak unto him the thing which they desired.

And he said unto them: Behold, I know your thoughts, and ye have desired the thing which John, my beloved, who was with me in my ministry, before that I was lifted up by the Jews, desired of me.

Therefore, more blessed are ye, for ye shall never taste of death; but ye shall live to behold all the doings of the Father unto the children of men, even until all things shall be fulfilled according to the will of the Father, when I shall come in my glory with the powers of heaven.

And ye shall never endure the pains of death; but when I shall come in my glory ye shall be changed in the twinkling of an eye from mortality to immortality; and then shall ye be blessed in the kingdom of my Father.



- 9 At muli, hindi kayo makararanas ng kirot habang kayo ay nananahan sa laman, ni kalungkutan, maliban sa mga kasalanan ng sanlibutan; at lahat ng ito ay gagawin ko dahil sa bagay na hiniling ninyo sa akin, dahil sa ninais ninyo na kayo ay makapagdala ng mga kaluluwa ng tao sa akin, habang ang daigdig ay nakatindig.
- 10 At sa dahilang ito, kayo ay magkakaroon ng kaganapan ng kagalakan; at kayo ay uupo sa kaharian ng aking Ama; oo, ang inyong kagalakan ay malulubos, maging katulad ng ganap na kagalakang ibinigay sa akin ng Ama; at kayo ay magiging katulad ko, at maging ako ay katulad ng Ama; at ang Ama at ako ay isa;
- 11 At ang Espiritu Santo ay nagpapatotoo sa Ama at sa akin; at ibinigay ng Ama ang Espiritu Santo sa mga anak ng tao, dahil sa akin.
- 12 At ito ay nangyari na, nang matapos bigkasin ni Jesus ang mga salitang ito, hinipo niya ng kanyang daliri ang bawat isa sa kanila maliban sa tatlong mananatili, at pagkatapos siya ay lumisan.
- 13 At masdan, ang kalangitan ay nabuksan, at sila ay napasalangit, at nakakita at nakarinig ng mga bagay na hindi maaaring bigkasin.
- 14 At iyon ay ipinagbawal sa kanila na kanilang bigkasin; ni hindi rin sila binigyan ng kapangyarihan na mabigkas nila ang mga bagay na kanilang nakita at narinig;
- 15 At kung sila man ay nasa katawan o wala sa katawan, hindi nila masabi; sapagkat tila bagang sa kanila, ito ay mistulang pagbabagong-anyo nila, na sila ay nabago mula sa katawang laman tungo sa kalagayang walang kamatayan, kaya't kanilang nagawang mamasdan ang mga bagay ng Diyos.
- 16 Ngunit ito ay nangyari na, na sila ay muling nangaral sa balat ng lupa; gayunpaman, hindi sila nangaral ng mga bagay na kanilang narinig at nakita, dahil sa kautusang ibinigay sa kanila sa langit.
- 17 At ngayon, kung sila man ay may kamatayan o walang kamatayan, mula sa araw ng kanilang pagbabagong-anyo, hindi ko alam;

And again, ye shall not have pain while ye shall dwell in the flesh, neither sorrow save it be for the sins of the world; and all this will I do because of the thing which ye have desired of me, for ye have desired that ye might bring the souls of men unto me, while the world shall stand.

And for this cause ye shall have fulness of joy; and ye shall sit down in the kingdom of my Father; yea, your joy shall be full, even as the Father hath given me fulness of joy; and ye shall be even as I am, and I am even as the Father; and the Father and I are one;

And the Holy Ghost beareth record of the Father and me; and the Father giveth the Holy Ghost unto the children of men, because of me.

And it came to pass that when Jesus had spoken these words, he touched every one of them with his finger save it were the three who were to tarry, and then he departed.

And behold, the heavens were opened, and they were caught up into heaven, and saw and heard unspeakable things.

And it was forbidden them that they should utter; neither was it given unto them power that they could utter the things which they saw and heard;

And whether they were in the body or out of the body, they could not tell; for it did seem unto them like a transfiguration of them, that they were changed from this body of flesh into an immortal state, that they could behold the things of God.

But it came to pass that they did again minister upon the face of the earth; nevertheless they did not minister of the things which they had heard and seen, because of the commandment which was given them in heaven.

And now, whether they were mortal or immortal, from the day of their transfiguration, I know not;

- 18 Ngunit ito lamang ang nalalaman ko, alinsunod sa talaang ibinigay—sila ay humayo sa ibabaw ng lupain, at naglingkod sa lahat ng tao, pinagbubuklod ang kasindami ng naniwala sa kanilang pangangaral sa simbahan; binibinyagan sila, at kasindami ng nabinyagan ay tumanggap ng Espiritu Santo.
- 19 At sila ay itinapon sa bilangguan nila na hindi kabilang sa simbahan. At ang mga bilangguan ay hindi makapigil sa kanila, sapagkat ang mga yaon ay nahati sa dalawa.
- 20 At inihulog sila sa lupa; ngunit kanilang tinigatig ang lupa ng salita ng Diyos, kung kaya't sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan sila ay nakalaya sa kailaliman ng lupa; at dahil dito sila ay hindi makahukay ng mga balon na sapat upang pumigil sa kanila.
- 21 At tatlong ulit silang inihagis sa hurno at hindi nasaktan.
- 22 At dalawang ulit silang inihagis sa lungga ng mababangis na hayop; at masdan, sila ay nakipaglaro sa mga hayop tulad ng isang musmos sa pasusuhing kordero at hindi nasaktan.
- 23 At ito ay nangyari na, na sa ganoon sila humayo sa lahat ng tao ni Nephi, at ipinangaral ang ebanghelyo ni Cristo sa lahat ng tao sa ibabaw ng lupain; at sila ay nagbalik-loob sa Panginoon, at sumapi sa simbahan ni Cristo, at sa gayon pinagpala ang mga tao ng salinlahing yaon, alinsunod sa mga salita ni Jesus.
- 24 At ngayon, ako, si Mormon ay pansamantalang nagtatapos ng pagsasalita hinggil sa mga bagay na ito.
- 25 Masdan, isusulat ko na sana ang mga pangalan ng yaong hindi kailanman makatitikim ng kamatayan, ngunit ipinagbawal ng Panginoon; kaya nga, hindi ko yaon isinulat, sapagkat sila ay nakukubli sa sanlibutan.
- 26 Ngunit masdan, nakita ko na sila, at sila ay nagsipaglingkod sa akin.
- 27 At masdan, sila ay mapapasa mga Gentil, at ang mga Gentil ay hindi sila makikilala.
- 28 At sila rin ay mapapasa mga Judio, at ang mga Judio ay hindi sila makikilala.

But this much I know, according to the record which hath been given—they did go forth upon the face of the land, and did minister unto all the people, uniting as many to the church as would believe in their preaching; baptizing them, and as many as were baptized did receive the Holy Ghost.

And they were cast into prison by them who did not belong to the church. And the prisons could not hold them, for they were rent in twain.

And they were cast down into the earth; but they did smite the earth with the word of God, insomuch that by his power they were delivered out of the depths of the earth; and therefore they could not dig pits sufficient to hold them.

And thrice they were cast into a furnace and received no harm.

And twice were they cast into a den of wild beasts; and behold they did play with the beasts as a child with a suckling lamb, and received no harm.

And it came to pass that thus they did go forth among all the people of Nephi, and did preach the gospel of Christ unto all people upon the face of the land; and they were converted unto the Lord, and were united unto the church of Christ, and thus the people of that generation were blessed, according to the word of Jesus.

And now I, Mormon, make an end of speaking concerning these things for a time.

Behold, I was about to write the names of those who were never to taste of death, but the Lord forbade; therefore I write them not, for they are hid from the world.

But behold, I have seen them, and they have ministered unto me.

And behold they will be among the Gentiles, and the Gentiles shall know them not.

They will also be among the Jews, and the Jews shall know them not.

- 29 At ito ay mangyayari, kung kailan mamarapatin ng Panginoon sa kanyang karunungan na sila ay maglilingkod sa lahat ng nangagkalat na mga lipi ng Israel, at sa lahat ng bansa, lahi, wika at tao, at magdadala mula sa kanila tungo kay Jesus ng maraming kaluluwa, nang ang kanilang hangarin ay matupad, at gayundin dahil sa nakapanghihikayat na kapangyarihan ng Diyos na nasa kanila.
- 30 At sila ay tulad ng mga anghel ng Diyos, at kung sila ay mananalangin sa Ama sa pangalan ni Jesus ay maaari nilang ipakita ang kanilang sarili sa kanino mang tao kung inaakala nilang makabubuti.
- 31 Anupa't dakila at mga kagila-gilalas na gawa ang gagawin nila, bago ang dakila at darating na araw kung kailan ang lahat ng tao ay tiyak na tatayo sa harapan ng hukumang-luklukan ni Cristo;
- 32 Oo, maging sa mga Gentil ay magkakaroon ng isang dakila at kagila-gilalas na gawa na kanilang gagawin, bago ang araw ng paghuhukom.
- 33 At kung mayroon kayo ng lahat ng banal na kasulatan na nagbibigay-ulat sa lahat ng kagila-gilalas na mga gawa ni Cristo, malalaman ninyo, ayon sa mga salita ni Cristo, na ang mga bagay na ito ay tiyak na darating.
- 34 At sa aba niya na hindi makikinig sa mga salita ni Jesus, at gayundin sa kanila na kanyang mga pinili at isinugo sa kanila; sapagkat sinuman ang hindi tatanggap sa mga salita ni Jesus at sa mga salita nila na kanyang isinugo ay hindi tumatanggap sa kanya; at kaya nga, hindi niya sila tatanggapin sa huling araw;
- 35 At higit na mabuti pa para sa kanila kung hindi na sila isinilang. Sapagkat inaakala ba ninyo na kayo ay maaaring makaiwas sa katarungan ng isang nagdaramdam na Diyos, na niyurakan sa ilalim ng mga paa ng tao, nang sa gayong paraan ang kaligtasan ay maaaring dumating?
- 36 At ngayon masdan, tulad ng sinabi ko hinggil sa mga yaong pinili ng Panginoon, oo, maging ang tatlong dinala sa kalangitan, na hindi ko alam kung sila ay nalinis mula sa pagiging may kamatayan tungo sa kawalang-kamatayan—

And it shall come to pass, when the Lord seeth fit in his wisdom that they shall minister unto all the scattered tribes of Israel, and unto all nations, kindreds, tongues and people, and shall bring out of them unto Jesus many souls, that their desire may be fulfilled, and also because of the convincing power of God which is in them.

And they are as the angels of God, and if they shall pray unto the Father in the name of Jesus they can show themselves unto whatsoever man it seemeth them good.

Therefore, great and marvelous works shall be wrought by them, before the great and coming day when all people must surely stand before the judgment-seat of Christ;

Yea even among the Gentiles shall there be a great and marvelous work wrought by them, before that judgment day.

And if ye had all the scriptures which give an account of all the marvelous works of Christ, ye would, according to the words of Christ, know that these things must surely come.

And wo be unto him that will not hearken unto the words of Jesus, and also to them whom he hath chosen and sent among them; for whoso receiveth not the words of Jesus and the words of those whom he hath sent receiveth not him; and therefore he will not receive them at the last day;

And it would be better for them if they had not been born. For do ye suppose that ye can get rid of the justice of an offended God, who hath been trampled under feet of men, that thereby salvation might come?

And now behold, as I spake concerning those whom the Lord hath chosen, yea, even three who were caught up into the heavens, that I knew not whether they were cleansed from mortality to immortality—

- 37 Ngunit masdan, mula nang ako ay sumulat, ako ay nagtanong sa Panginoon, at kanyang ipinaalam sa akin na kinakailangang may gawing pagbabago sa kanilang mga katawan, o kung hindi, kinakailangan na sila ay makatikim ng kamatayan;
- 38 Anupa't upang hindi sila makatikim ng kamatayan ay may ginawang pagbabago sa kanilang mga katawan, upang huwag silang magdanas ng kirot o kalungkutan maliban sa mga kasalanan ng sanlibutan.
- 39 Ngayon, ang pagbabagong ito ay hindi kapantay ng yaong mangyayari sa huling araw; ngunit may pagbabagong ginawa sa kanila, kaya nga't si Satanas ay hindi magkakaroon ng kapangyarihan sa kanila, na hindi niya sila matutukso; at sila ay ginawang banal sa laman, kaya nga sila ay mga banal, at ang mga may kapangyarihan sa lupa ay hindi makapipigil sa kanila.
- 40 At sa ganitong kalagayan sila ay mamamalagi hanggang sa araw ng paghuhukom ni Cristo; at sa araw na yaon, sila ay tatanggap ng higit na malaking pagbabago, at tatanggapin sa kaharian ng Ama, upang hindi na lumabas pa, kundi mananahanan kasama ng Diyos magpasawalang hanggan sa kalangitan.

But behold, since I wrote, I have inquired of the Lord, and he hath made it manifest unto me that there must needs be a change wrought upon their bodies, or else it needs be that they must taste of death;

Therefore, that they might not taste of death there was a change wrought upon their bodies, that they might not suffer pain nor sorrow save it were for the sins of the world.

Now this change was not equal to that which shall take place at the last day; but there was a change wrought upon them, insomuch that Satan could have no power over them, that he could not tempt them; and they were sanctified in the flesh, that they were holy, and that the powers of the earth could not hold them.

And in this state they were to remain until the judgment day of Christ; and at that day they were to receive a greater change, and to be received into the kingdom of the Father to go no more out, but to dwell with God eternally in the heavens.

### 3 Nephi 29

- 1 At ngayon, masdan, sinasabi ko sa inyo na kung kailan mamarapatin ng Panginoon, sa kanyang karunungan, na ang mga salitang ito ay maipahayag sa mga Gentil alinsunod sa kanyang salita, doon ninyo malalaman na ang tipang ginawa ng Ama sa mga anak ni Israel, hinggil sa kanilang pagbabalik sa mga lupaing kanilang mana, ay nagsisimula nang matupad.
- 2 At malalaman ninyo na ang mga salita ng Panginoon, na winika ng mga banal na propeta, ay matutupad na lahat; at hindi na ninyo kinakailangang sabihin na inaantala ng Panginoon ang kanyang pagparito sa mga anak ni Israel.
- 3 At hindi ninyo kinakailangan na akalain sa inyong mga puso na ang mga salitang winika ay mga walang saysay, sapagkat masdan, aalalahanin ng Panginoon ang tipang ginawa niya sa kanyang mga tao na sambahayan ni Israel.
- 4 At kapag inyong mapagtanto na ang mga salitang ito ay ipinahahayag sa inyo, sa gayon ay hindi na ninyo kinakailangan pang itatwa ang mga gawain ng Panginoon, sapagkat ang espada ng kanyang katarungan ay nasa kanyang kanang kamay; at masdan, sa araw na yaon, kung inyong tatanggihan ang kanyang mga gawain, kanyang papapangyarihin na kayo ay maabutan nito.
- 5 Sa aba niya na tatanggi sa mga gawain ng Panginoon; oo, sa aba niya na magtatatwa kay Cristo at sa kanyang mga gawain!
- 6 Oo, sa aba niya na ikakaila ang mga paghahayag ng Panginoon, at magsasabing hindi na gumagawa ang Panginoon sa pamamagitan ng paghahayag, o ng propesiya, o ng mga kaloob, o ng mga wika, o ng mga pagpapagaling, o sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo!
- 7 Oo, at sa aba niya na magsasabi sa araw na yaon, upang makinabang, na hindi na magkakaroon pa ng mga himalang gagawin si Jesucristo; sapagkat siya na gagawa nito ay magiging katulad ng anak na lalaki ng kapahamakan, para sa kanya ay walang awa, ayon sa salita ni Cristo!

### 3 Nephi 29

And now behold, I say unto you that when the Lord shall see fit, in his wisdom, that these sayings shall come unto the Gentiles according to his word, then ye may know that the covenant which the Father hath made with the children of Israel, concerning their restoration to the lands of their inheritance, is already beginning to be fulfilled.

And ye may know that the words of the Lord, which have been spoken by the holy prophets, shall all be fulfilled; and ye need not say that the Lord delays his coming unto the children of Israel.

And ye need not imagine in your hearts that the words which have been spoken are vain, for behold, the Lord will remember his covenant which he hath made unto his people of the house of Israel.

And when ye shall see these sayings coming forth among you, then ye need not any longer spurn at the doings of the Lord, for the sword of his justice is in his right hand; and behold, at that day, if ye shall spurn at his doings he will cause that it shall soon overtake you.

Wo unto him that spurneth at the doings of the Lord; yea, wo unto him that shall deny the Christ and his works!

Yea, wo unto him that shall deny the revelations of the Lord, and that shall say the Lord no longer worketh by revelation, or by prophecy, or by gifts, or by tongues, or by healings, or by the power of the Holy Ghost!

Yea, and wo unto him that shall say at that day, to get gain, that there can be no miracle wrought by Jesus Christ; for he that doeth this shall become like unto the son of perdition, for whom there was no mercy, according to the word of Christ!

8 Oo, at hindi na kayo kailangan pang mag-anasan, o tumanggi, o paglaruan ang mga Judio, o sinuman sa labi ng sambahayan ni Israel; sapagkat masdan, maalaala ng Panginoon ang kanyang tipan sa kanila, at kanyang gagawin sa kanila ang alinsunod doon sa kanyang isinumpa.

9 Kaya nga, huwag ninyong akalain na maaari ninyong ibaling ang kanang kamay ng Panginoon sa kaliwa, upang hindi niya maisagawa ang kahatulan sa ikatutupad ng kanyang ginawang tipan sa sambahayan ni Israel.

Yea, and ye need not any longer hiss, nor spurn, nor make game of the Jews, nor any of the remnant of the house of Israel; for behold, the Lord remembereth his covenant unto them, and he will do unto them according to that which he hath sworn.

Therefore ye need not suppose that ye can turn the right hand of the Lord unto the left, that he may not execute judgment unto the fulfilling of the covenant which he hath made unto the house of Israel.

### 3 Nephi 30

- 1 Makinig, O kayong mga Gentil, at pakinggan ang mga salita ni Jesucristo, ang Anak ng buhay na Diyos, na kanyang iniutos sa akin na sabihin ko hinggil sa inyo, sapagkat masdan, ako ay inutusan niya na ako ay sumulat, sinasabing:
- 2 Tumalikod, lahat kayong mga Gentil mula sa inyong masasamang ugali; at magsisi sa inyong masasamang gawain, sa inyong mga pagsisinungaling at panlilinlang, at sa inyong mga pagpapatutot, at sa inyong mga lihim na gawaing karumal-dumal, at sa inyong mga pagsamba sa diyus-diyusan, at sa inyong mga pagpaslang, at sa inyong mga huwad na pagkasaserdote, at sa inyong mga inggitan, at sa inyong mga sigalutan, at mula sa lahat ninyong mga kasamaan at karumal-dumal na gawain, at magsilapit sa akin, at magpabinyag sa aking pangalan, upang kayo ay tumanggap ng kapatawaran sa inyong mga kasalanan, at mapuspos ng Espiritu Santo, upang kayo ay mabilang sa aking mga tao na sambahayan ni Israel.

### 3 Nephi 30

Hearken, O ye Gentiles, and hear the words of Jesus Christ, the Son of the living God, which he hath commanded me that I should speak concerning you, for, behold he commandeth me that I should write, saying:

Turn, all ye Gentiles, from your wicked ways; and repent of your evil doings, of your lyings and deceivings, and of your whoredoms, and of your secret abominations, and your idolatries, and of your murders, and your priestcrafts, and your envyings, and your strifes, and from all your wickedness and abominations, and come unto me, and be baptized in my name, that ye may receive a remission of your sins, and be filled with the Holy Ghost, that ye may be numbered with my people who are of the house of Israel.

# Ikaapat na Nephi

## Ang Aklat ni Nephi

### Na Anak ni Nephi—Isa sa mga Disipulo ni Jesucristo

*Isang ulat ng mga tao ni Nephi, ayon sa kanyang talaan.*

- 1 At ito ay nangyari na, na ang ikatatlumpu at apat na taon ay lumipas, at gayon din ang ikatatlumpu at lima, at masdan, ang mga disipulo ni Jesus ay nagtatag ng simbahan ni Cristo sa lahat ng lupain sa paligid. At kasindami ng lumapit sa kanila, at tunay na nagsisi ng kanilang mga kasalanan, ay bininyagan sa pangalan ni Jesus; at sila rin ay tumanggap ng Espiritu Santo.
- 2 At ito ay nangyari na, na sa ikatatlumpu at anim na taon, ang mga tao ay nagbalik-loob na lahat sa Panginoon, sa ibabaw ng buong lupain, kapwa ang mga Nephita at Lamanita, at hindi nagkaroon ng mga alitan at pagtatalu-talo sa kanila, at bawat tao ay makatarungang ang pakikitungo sa isa't isa.
- 3 At nagkaroon ng pagkakapantay-pantay sa lahat ng bagay sa kanila; kaya nga walang mayaman at mahirap, alipin at malaya, kundi silang lahat ay ginawang malaya, at magkasalo sa makalangit na handog.
- 4 At ito ay nangyari na, na lumipas din ang ikatatlumpu at pitong taon, at nagpatuloy pa rin ang kapayapaan sa lupain.
- 5 At may dakila at mga kagila-gilalas na gawaing ginawa ang mga disipulo ni Jesus, na sila ay nagpagaling ng maykaramdaman, at nagpabangon ng patay, at pinapangyari na ang pilay ay makalakad, ang bulag na makakita, at ang bingi na makarinig; at lahat ng uri ng himala ay ginawa nila sa mga anak ng tao; at wala silang nagawang mga himala maliban kung yaon ay sa pangalan ni Jesus.

# Fourth Nephi

## The Book of Nephi

### Who Is the Son of Nephi—One of the Disciples of Jesus Christ

*An account of the people of Nephi, according to his record.*

And it came to pass that the thirty and fourth year passed away, and also the thirty and fifth, and behold the disciples of Jesus had formed a church of Christ in all the lands round about. And as many as did come unto them, and did truly repent of their sins, were baptized in the name of Jesus; and they did also receive the Holy Ghost.

And it came to pass in the thirty and sixth year, the people were all converted unto the Lord, upon all the face of the land, both Nephites and Lamanites, and there were no contentions and disputations among them, and every man did deal justly one with another.

And they had all things common among them; therefore there were not rich and poor, bond and free, but they were all made free, and partakers of the heavenly gift.

And it came to pass that the thirty and seventh year passed away also, and there still continued to be peace in the land.

And there were great and marvelous works wrought by the disciples of Jesus, insomuch that they did heal the sick, and raise the dead, and cause the lame to walk, and the blind to receive their sight, and the deaf to hear; and all manner of miracles did they work among the children of men; and in nothing did they work miracles save it were in the name of Jesus.



- 6 At sa gayon lumipas ang ikatatlumpu at walong taon, at gayon din ang ikatatlumpu at siyam, at ikaapatnapu at isa, at ikaapatnapu at dalawa, oo, maging hanggang sa ang ikaapatnapu at siyam na taon ay lumipas, at gayon din ang ikalimampu at isa, at ang ikalimampu at dalawa; oo, at maging hanggang sa ang ikalimampu at siyam na taon ay lumipas.
- 7 At lubos silang pinaunlad ng Panginoon sa lupain; oo, hanggang sa muli silang nakapagtayo ng mga lunsod kung saan may mga lunsod na nasunog.
- 8 Oo, maging ang dakilang lunsod ng Zarahemla ay pinapangyari nilang maitayong muli.
- 9 Ngunit maraming lunsod ang lumubog, at mga tubig ang pumalit sa mga lugar niyon; kaya nga, ang mga lunsod na ito ay hindi na mapapanumbalik.
- 10 At ngayon, masdan, ito ay nangyari na, na ang mga tao ni Nephi ay naging makapangyarihan, at napakabilis na dumami, at naging labis na kaakit-akit at mga kaaya-ayang tao.
- 11 At sila ay nag-asawa, at ibinigay sa pag-aasawa, at pinagpala alinsunod sa maraming pangakong ginawa ng Panginoon sa kanila.
- 12 At hindi na sila lumakad pa sa pagsunod sa mga pagganap at ordenansa ng mga batas ni Moises; kundi sila ay lumakad alinsunod sa mga kautusang natanggap nila mula sa kanilang Panginoon at kanilang Diyos, nagpapatuloy sa pag-aayuno at panalangin, at sa madalas na pagtitipong magkakasama kapwa upang manalangin at makinig sa salita ng Panginoon.
- 13 At ito ay nangyari na, na hindi nagkaroon ng alitan sa lahat ng tao, sa buong lupain; kundi may mga makapangyarihang himalang ginawa sa mga disipulo ni Jesus.
- 14 At ito ay nangyari na, na ang ikapitumpu at isang taon ay lumipas, at gayon din ang ikapitumpu at dalawang taon, oo, sa madaling salita, hanggang sa ang ikapitumpu at siyam na taon ay lumipas; oo, maging ang isandaang taon ay lumipas, at ang mga disipulo ni Jesus, na kanyang pinili, ay pumaroon nang lahat sa paraiso ng Diyos, maliban sa tatlong maiiwan; at may mga ibang disipulo na inordenang kahalili nila; at marami rin sa salinlahing yaon ang pumanaw.

And thus did the thirty and eighth year pass away, and also the thirty and ninth, and forty and first, and the forty and second, yea, even until forty and nine years had passed away, and also the fifty and first, and the fifty and second; yea, and even until fifty and nine years had passed away.

And the Lord did prosper them exceedingly in the land; yea, insomuch that they did build cities again where there had been cities burned.

Yea, even that great city Zarahemla did they cause to be built again.

But there were many cities which had been sunk, and waters came up in the stead thereof; therefore these cities could not be renewed.

And now, behold, it came to pass that the people of Nephi did wax strong, and did multiply exceedingly fast, and became an exceedingly fair and delightful people.

And they were married, and given in marriage, and were blessed according to the multitude of the promises which the Lord had made unto them.

And they did not walk any more after the performances and ordinances of the law of Moses; but they did walk after the commandments which they had received from their Lord and their God, continuing in fasting and prayer, and in meeting together oft both to pray and to hear the word of the Lord.

And it came to pass that there was no contention among all the people, in all the land; but there were mighty miracles wrought among the disciples of Jesus.

And it came to pass that the seventy and first year passed away, and also the seventy and second year, yea, and in fine, till the seventy and ninth year had passed away; yea, even an hundred years had passed away, and the disciples of Jesus, whom he had chosen, had all gone to the paradise of God, save it were the three who should tarry; and there were other disciples ordained in their stead; and also many of that generation had passed away.

- 15 At ito ay nangyari na, na hindi nagkaroon ng alitan sa lupain, dahil sa pag-ibig sa Diyos na nananahan sa mga puso ng tao.
- 16 At walang mga inggitan, ni sigalutan, ni alitan, ni pagpapatutot, ni pagsisinungaling, ni pagpaslang, ni anumang uri ng kahalayan; at tunay na wala nang mas maliligayang tao pa sa lahat ng tao na nilikha ng kamay ng Diyos.
- 17 Walang mga tulisan, ni mamamatay-tao, ni nagkaroon ng mga Lamanita, ni anumang uri ng mga “ita”; kundi sila ay iisa, ang mga anak ni Cristo, at mga tagapagmana ng kaharian ng Diyos.
- 18 O labis silang pinagpala! Sapagkat pinagpala sila ng Panginoon sa lahat ng kanilang mga gawain; oo, maging sila ay pinagpala at pinaunlad hanggang sa ang isandaan at sampung taon ay nakalipas; at ang unang salinlahi mula kay Cristo ay pumanaw, at hindi nagkaroon ng alitan sa buong lupain.
- 19 At ito ay nangyari na, na si Nephi, siya na nag-ingat nitong huling talaan, (at kanyang itinala ito sa mga lamina ni Nephi) ay namatay, at, ang kanyang anak na si Amos ang humaliling nag-ingat nito; at itinala niya iyon sa mga lamina rin ni Nephi.
- 20 At iningatan niya ito nang walumpu at apat na taon, at mayroon pang kapayapaan sa lupain, maliban sa isang maliit na bahagi ng mga tao na naghimagsik sa simbahan at dinala nila sa sarili ang pangalang Lamanita; anupa’t muling nagkaroon ng mga Lamanita sa lupain.
- 21 At ito ay nangyari na, na si Amos ay namatay na rin, (at ito ay isandaan at siyamnapu at apat na taon mula nang pumarito si Cristo) at ang kanyang anak na si Amos ang humaliling nag-ingat ng talaan; at itinala rin niya iyon sa mga lamina ni Nephi; at iyon ay naisulat din sa aklat ni Nephi, kung alin ay ang aklat na ito.
- 22 At ito ay nangyari na, na dalawang daang taon ang lumipas; at ang ikalawang salinlahi ay nangamatay na lahat maliban sa iilan.
- 23 At ngayon, ako, si Mormon, ay nagnanais na inyong malaman na ang mga tao ay nagsidami, hanggang sa sila ay kumalat sa ibabaw ng buong lupain, at sila ay yumaman nang labis, dahil sa kanilang kasaganaan kay Cristo.

And it came to pass that there was no contention in the land, because of the love of God which did dwell in the hearts of the people.

And there were no envyings, nor strifes, nor tumults, nor whoredoms, nor lyings, nor murders, nor any manner of lasciviousness; and surely there could not be a happier people among all the people who had been created by the hand of God.

There were no robbers, nor murderers, neither were there Lamanites, nor any manner of -ites; but they were in one, the children of Christ, and heirs to the kingdom of God.

And how blessed were they! For the Lord did bless them in all their doings; yea, even they were blessed and prospered until an hundred and ten years had passed away; and the first generation from Christ had passed away, and there was no contention in all the land.

And it came to pass that Nephi, he that kept this last record, (and he kept it upon the plates of Nephi) died, and his son Amos kept it in his stead; and he kept it upon the plates of Nephi also.

And he kept it eighty and four years, and there was still peace in the land, save it were a small part of the people who had revolted from the church and taken upon them the name of Lamanites; therefore there began to be Lamanites again in the land.

And it came to pass that Amos died also, (and it was an hundred and ninety and four years from the coming of Christ) and his son Amos kept the record in his stead; and he also kept it upon the plates of Nephi; and it was also written in the book of Nephi, which is this book.

And it came to pass that two hundred years had passed away; and the second generation had all passed away save it were a few.

And now I, Mormon, would that ye should know that the people had multiplied, insomuch that they were spread upon all the face of the land, and that they had become exceedingly rich, because of their prosperity in Christ.

24 At ngayon, dito sa ikadalawang daan at isang taon ay nagsimulang magkaroon sa kanila ng mga yaong iniangat sa kapalaluan, tulad ng pagsusuot ng mamahaling kasuotan, at lahat ng uri ng maiinam na perlas, at ng maiinam na bagay ng daigdig.

25 At mula sa panahong yaon, ang kanilang mga ari-arian at kanilang mga kabuhayan ay hindi na naging pangkalahatan sa kanila.

26 At sila ay nagsimulang mahati sa mga uri; at sila ay nagsimulang magtayo ng mga simbahan para sa kanilang sarili upang makinabang, at nagsimulang itatwa ang tunay na simbahan ni Cristo.

27 At ito ay nangyari na, nang ang dalawang daan at sampung taon ay makalipas, nagkaroon ng maraming simbahan sa lupain; oo, maraming simbahan ang nagpahayag na kilala si Cristo, gayunpaman, kanilang itinatwa ang malaking bahagi ng kanyang ebanghelyo, kung kaya nga't sila ay tumanggap ng lahat ng uri ng kasamaan, at ibinahagi yaong kung alin ay banal sa kanya na pinagbabawalan dahil sa pagiging hindi karapat-dapat.

28 At ang simbahang ito ay labis na dumami dahil sa kasamaan, at dahil sa kapangyarihan ni Satanas na nakasilo sa kanilang mga puso.

29 At muli, may ibang simbahan na itinatatwa si Cristo; at kanilang inusig ang tunay na simbahan ni Cristo, dahil sa kanilang pagpapakumbaba at kanilang paniniwala kay Cristo; at kanilang kinamuhian sila dahil sa maraming himalang ginawa sa kanila.

30 Anupa't sila ay gumamit ng kapangyarihan at karapatan sa mga disipulo ni Jesus na naiwan sa kanila, at sila'y kanilang itina-pon sa bilangguan; ngunit sa pamamagitan ng kapangyarihan ng salita ng Diyos na taglay nila, ang mga bilangguan ay nahati sa dalawa, at sila ay humayong gumagawa ng mga makapangyarihang himala sa kanila.

31 Gayunpaman, at sa kabila ng lahat ng himalang ito ay pinatigas ng mga tao ang kanilang mga puso, at naghangad na patayin sila, katulad ng mga Judio sa Jerusalem na naghangad na patayin si Jesus, ayon sa kanyang salita.

32 At kanila silang itina-pon sa mga hurno ng apoy, at sila ay lumabas na hindi nasaktan.

And now, in this two hundred and first year there began to be among them those who were lifted up in pride, such as the wearing of costly apparel, and all manner of fine pearls, and of the fine things of the world.

And from that time forth they did have their goods and their substance no more common among them.

And they began to be divided into classes; and they began to build up churches unto themselves to get gain, and began to deny the true church of Christ.

And it came to pass that when two hundred and ten years had passed away there were many churches in the land; yea, there were many churches which professed to know the Christ, and yet they did deny the more parts of his gospel, insomuch that they did receive all manner of wickedness, and did administer that which was sacred unto him to whom it had been forbidden because of unworthiness.

And this church did multiply exceedingly because of iniquity, and because of the power of Satan who did get hold upon their hearts.

And again, there was another church which denied the Christ; and they did persecute the true church of Christ, because of their humility and their belief in Christ; and they did despise them because of the many miracles which were wrought among them.

Therefore they did exercise power and authority over the disciples of Jesus who did tarry with them, and they did cast them into prison; but by the power of the word of God, which was in them, the prisons were rent in twain, and they went forth doing mighty miracles among them.

Nevertheless, and notwithstanding all these miracles, the people did harden their hearts, and did seek to kill them, even as the Jews at Jerusalem sought to kill Jesus, according to his word.

And they did cast them into furnaces of fire, and they came forth receiving no harm.

- 33 At kanila rin silang itinapon sa mga lungga ng mababangis na hayop, at sila ay nakipaglaro sa mababangis na hayop katulad ng isang bata sa isang kordero; at sila ay lumabas muli mula sa kanila, na hindi nasaktan.
- 34 Gayunpaman, pinatigas ng mga tao ang kanilang mga puso, sapagkat sila ay naakay ng maraming saserdote at mga bulaang propeta na magtayo ng maraming simbahan, at gumawa ng lahat ng uri ng kasamaan. At kanilang sinaktan ang mga tao ni Jesus; ngunit ang mga tao ni Jesus ay hindi gumanti sa kanila. At sa gayon sila nanghina sa kawalang-paniniwala at sa kasamaan, sa taun-taon, maging hanggang sa ang dalawang daan at tatlumpung taon ay lumipas.
- 35 At ngayon ito ay nangyari na, na sa taong ito, oo, sa ikadalawang daan at tatlumpu at isang taon, nagkaroon ng malaking pagkakahati sa mga tao.
- 36 At ito ay nangyari na, na sa taong ito ay may lumitaw na mga tao na tinatawag na mga Nephita, at sila ay mga tunay na naniniwala kay Cristo; at sa kanila ay may tinatawag na mga Lamanita—Jacobeo, at Josefita, at Zoramita;
- 37 Anupa't, ang mga tunay na naniniwala kay Cristo, at ang mga tunay na sumasamba kay Cristo, (kasama rito ang tatlong disipulo ni Jesus na naiwan) ay tinawag na mga Nephita, at Jacobeo, at Josefita, at Zoramita.
- 38 At ito ay nangyari na, na sila na mga tumanggi sa ebanghelyo ay tinawag na mga Lamanita, at Lemuelita, at Ismaelita; at sila ay hindi nanghina sa kawalang-paniniwala, kundi sila ay hayagang naghimagsik laban sa ebanghelyo ni Cristo; at itinuro nila sa kanilang mga anak na huwag silang maniwala, maging katulad ng kanilang mga ama, mula sa simula, ay mga nanghina.
- 39 At ito ay dahil sa kasamaan at karumal-dumal na gawain ng kanilang mga ama, maging katulad sa simula. At sila ay tinuruang mapoot sa mga anak ng Diyos, maging katulad ng itinuro sa mga Lamanita na mapoot sa mga anak ni Nephi mula sa simula.

And they also cast them into dens of wild beasts, and they did play with the wild beasts even as a child with a lamb; and they did come forth from among them, receiving no harm.

Nevertheless, the people did harden their hearts, for they were led by many priests and false prophets to build up many churches, and to do all manner of iniquity. And they did smite upon the people of Jesus; but the people of Jesus did not smite again. And thus they did dwindle in unbelief and wickedness, from year to year, even until two hundred and thirty years had passed away.

And now it came to pass in this year, yea, in the two hundred and thirty and first year, there was a great division among the people.

And it came to pass that in this year there arose a people who were called the Nephites, and they were true believers in Christ; and among them there were those who were called by the Lamanites—Jacobites, and Josephites, and Zoramites;

Therefore the true believers in Christ, and the true worshipers of Christ, (among whom were the three disciples of Jesus who should tarry) were called Nephites, and Jacobites, and Josephites, and Zoramites.

And it came to pass that they who rejected the gospel were called Lamanites, and Lemuelites, and Ishmaelites; and they did not dwindle in unbelief, but they did wilfully rebel against the gospel of Christ; and they did teach their children that they should not believe, even as their fathers, from the beginning, did dwindle.

And it was because of the wickedness and abomination of their fathers, even as it was in the beginning. And they were taught to hate the children of God, even as the Lamanites were taught to hate the children of Nephi from the beginning.

40 At ito ay nangyari na, na dalawang daan at apatnapu at apat na taon ang lumipas, at gayon ang mga pangyayari sa mga tao. At ang higit na masasamang bahagi ng mga tao ay naging makapangyarihan, at naging higit na napakarami kaysa sa mga tao ng Diyos.

41 At sila ay patuloy na nagtayo ng mga simbahan para sa kanilang sarili, at ginayakan nila yaon ng lahat ng uri ng mahahalagang bagay. At sa gayon lumipas ang dalawang daan at limampung taon, at gayon din ang dalawang daan at animnapung taon.

42 At ito ay nangyari na, na ang masamang bahagi ng mga tao ay muling nagsimulang itatag ang mga lihim na sumpaang pagsasabwatan ni Gadianton.

43 At gayon din ang mga tao na tinatawag na mga tao ni Nephi ay nagsimulang maging palalo sa kanilang mga puso, dahil sa kanilang labis na kayamanan, at naging mapagmalaki katulad ng kanilang mga kapatid, na mga Lamanita.

44 At magmula sa panahong ito, ang mga disipulo ay nagsimulang malungkot dahil sa mga kasalanan ng sanlibutan.

45 At ito ay nangyari na, nang lumipas ang tatlong daang taon, kapwa ang mga tao ng mga Nephita at ang mga Lamanita ay naging napakasasama, ang isa katulad ng isa.

46 At ito ay nangyari na, na ang mga tulisan ni Gadianton ay kumalat sa ibabaw ng buong lupain; at wala ni isa mang mabuti maliban sa mga disipulo ni Jesus. At sila ay nagtabi ng maraming ginto at pilak, at nangalakal ng lahat ng uri ng kalakal.

47 At ito ay nangyari na, na pagkaraang ang tatlong daan at limang taon ay lumipas, (at ang mga tao ay nanatili pa rin sa kasamaan) si Amos ay namatay; at ang kanyang kapatid, na si Amaron, ang humaliling nag-ingat ng mga talaan.

48 At ito ay nangyari na, nang lumipas ang tatlong daan at dalawampung taon, si Amaron, na napilit ng Espiritu Santo, ay itinago ang mga talaan na mga banal—oo, maging lahat ng banal na talaang ipinaspasa sa bawat sali't salinlahi, kung alin ay mga banal—maging hanggang sa ikatatlong daan at dalawampung taon mula ng pumarito si Cristo.

And it came to pass that two hundred and forty and four years had passed away, and thus were the affairs of the people. And the more wicked part of the people did wax strong, and became exceedingly more numerous than were the people of God.

And they did still continue to build up churches unto themselves, and adorn them with all manner of precious things. And thus did two hundred and fifty years pass away, and also two hundred and sixty years.

And it came to pass that the wicked part of the people began again to build up the secret oaths and combinations of Gadianton.

And also the people who were called the people of Nephi began to be proud in their hearts, because of their exceeding riches, and become vain like unto their brethren, the Lamanites.

And from this time the disciples began to sorrow for the sins of the world.

And it came to pass that when three hundred years had passed away, both the people of Nephi and the Lamanites had become exceedingly wicked one like unto another.

And it came to pass that the robbers of Gadianton did spread over all the face of the land; and there were none that were righteous save it were the disciples of Jesus. And gold and silver did they lay up in store in abundance, and did traffic in all manner of traffic.

And it came to pass that after three hundred and five years had passed away, (and the people did still remain in wickedness) Amos died; and his brother, Ammaron, did keep the record in his stead.

And it came to pass that when three hundred and twenty years had passed away, Ammaron, being constrained by the Holy Ghost, did hide up the records which were sacred—yea, even all the sacred records which had been handed down from generation to generation, which were sacred—even until the three hundred and twentieth year from the coming of Christ.

49 At kanyang ikinubli ang mga ito ayon sa Panginoon, upang ito ay muling mabalik sa mga labi ng sambahayan ni Jacob, alinsunod sa mga propesiya at sa mga pangako ng Panginoon. At sa gayon nagwawakas ang talaan ni Amaron.

And he did hide them up unto the Lord, that they might come again unto the remnant of the house of Jacob, according to the prophecies and the promises of the Lord. And thus is the end of the record of Ammaron.

# Ang Aklat ni Mormon

## Mormon 1

- 1 At ngayon ako, si Mormon, ay gumagawa ng talaan ng mga bagay na aking kapwa nakita at narinig, at tinawag itong ang Aklat ni Mormon.
- 2 At sa panahong ikinubli ni Amaron ang mga talaan ayon sa Panginoon, siya ay nagtungo sa akin, (ako na noon ay mga sampung taong gulang lamang, at ako ay nagsimulang matuto kahit paano alinsunod sa pamamaraan ng pagkakatuto ng aking mga tao) at sinabi ni Amaron sa akin: Nahihiwatigan ko na ikaw ay isang batang mahinahon, at mabilis magmasid;
- 3 Kaya nga, kapag ikaw ay mga dalawampu at apat na taong gulang na ay nais kong iyong alalahanin ang mga bagay na iyong namasid hinggil sa mga taong ito; at kung ikaw ay nasa gayong gulang na ay magtungo ka sa lupain ng Antum, sa burol na tatawaging Shim; at doon ay inilagak ko ayon sa Panginoon ang lahat ng banal na ukit hinggil sa mga taong ito.
- 4 At masdan, iyong kukunin ang mga lamina ni Nephi sa iyong sarili, at ang nalalabi ay iiwanan mo sa pook kung saan naroroon ang mga yaon; at iyong iuukit sa mga lamina ni Nephi ang lahat ng bagay na iyong namasid hinggil sa mga taong ito.
- 5 At ako, si Mormon, bilang isang inapo ni Nephi, (at ang pangalan ng aking ama ay Mormon) aking naalaala ang mga bagay na iniutos sa akin ni Amaron.
- 6 At ito ay nangyari na, na ako, na labing-isang taong gulang, ay dinala ng aking ama sa lupaing patimog, maging sa lupain ng Zarahemla.
- 7 Ang ibabaw ng buong lupain ay napuno ng mga gusali, at ang mga tao ay halos kasindami ng bilang ng buhangin sa dagat.
- 8 At ito ay nangyari na, na sa taong ito ay nagsimulang magkaroon ng isang digmaan sa pagitan ng mga Nephita, na binubuo ng mga Nephita, at ng mga Jacobeo at ng mga Josefita at ng mga Zoramita; at ang digmaang ito ay sa pagitan ng mga Nephita, at ng mga Lamanita at ng mga Lemuelita at ng mga Ismaelita.

# The Book of Mormon

## Mormon 1

And now I, Mormon, make a record of the things which I have both seen and heard, and call it the Book of Mormon.

And about the time that Ammaron hid up the records unto the Lord, he came unto me, (I being about ten years of age, and I began to be learned somewhat after the manner of the learning of my people) and Ammaron said unto me: I perceive that thou art a sober child, and art quick to observe;

Therefore, when ye are about twenty and four years old I would that ye should remember the things that ye have observed concerning this people; and when ye are of that age go to the land Antum, unto a hill which shall be called Shim; and there have I deposited unto the Lord all the sacred engravings concerning this people.

And behold, ye shall take the plates of Nephi unto yourself, and the remainder shall ye leave in the place where they are; and ye shall engrave on the plates of Nephi all the things that ye have observed concerning this people.

And I, Mormon, being a descendant of Nephi, (and my father's name was Mormon) I remembered the things which Ammaron commanded me.

And it came to pass that I, being eleven years old, was carried by my father into the land southward, even to the land of Zarahemla.

The whole face of the land had become covered with buildings, and the people were as numerous almost, as it were the sand of the sea.

And it came to pass in this year there began to be a war between the Nephites, who consisted of the Nephites and the Jacobites and the Josephites and the Zoramites; and this war was between the Nephites, and the Lamanites and the Lemuelites and the Ishmaelites.

- 9 Ngayon, ang mga Lamanita at ang mga Lemuelita at ang mga Ismaelita ay tinawag na mga Lamanita, at ang dalawang pangkat ay mga Nephita at Lamanita.
- 10 At ito ay nangyari na, na ang digmaan ay nagsimula sa kanila sa mga hangganan ng Zarahemla, sa may tubig ng Sidon.
- 11 At ito ay nangyari na, na ang mga Nephita ay nangalap ng malaking bilang ng mga tauhan, maging humigit pa sa bilang na tatlumpung libo. At ito ay nangyari na, na sila ay nagkaroon sa taon ding ito ng ilang digmaan, kung saan nagapi ng mga Nephita ang mga Lamanita at napatay ang marami sa kanila.
- 12 At ito ay nangyari na, na iniurong ng mga Lamanita ang kanilang balak, at nagkaroon ng kapayapaan sa lupain; at ang kapayapaan ay nanatili sa loob ng may apat na taon, na walang dumanak na dugo.
- 13 Ngunit ang kasamaan ay namayani sa ibabaw ng buong lupain, kung kaya't kinuha ng Panginoon ang kanyang mga minamahal na disipulo, at ang mga paggawa ng himala at ng pagpapagaling ay natigil dahil sa kasamaan ng mga tao.
- 14 At walang mga kaloob mula sa Panginoon, at ang Espiritu Santo ay hindi sumakanino man, dahil sa kanilang kasamaan at kawalang-paniniwala.
- 15 At ako, na labinlimang taong gulang at kahit paano ay may kahinahunan ng pag-iisip, anupa't ako ay dinalaw ng Panginoon, at nakatikim at nakaalam ng kabutihan ni Jesus.
- 16 At ako ay nagsikap na mangaral sa mga taong ito, ngunit ang aking bibig ay itinikom, at ako ay pinagbawalang mangaral sa kanila; sapagkat masdan, sila ay hayagang naghimagsik laban sa kanilang Diyos; at ang mga minamahal na disipulo ay inialis sa lupain, dahil sa kanilang kasamaan.
- 17 Ngunit ako ay namalagi sa kanila, ngunit ako ay pinagbawalang mangaral sa kanila, dahil sa katigasan ng kanilang mga puso; at dahil sa katigasan ng kanilang mga puso ang lupain ay isinumpa dahil sa kanila.

Now the Lamanites and the Lemuelites and the Ishmaelites were called Lamanites, and the two parties were Nephites and Lamanites.

And it came to pass that the war began to be among them in the borders of Zarahemla, by the waters of Sidon.

And it came to pass that the Nephites had gathered together a great number of men, even to exceed the number of thirty thousand. And it came to pass that they did have in this same year a number of battles, in which the Nephites did beat the Lamanites and did slay many of them.

And it came to pass that the Lamanites withdrew their design, and there was peace settled in the land; and peace did remain for the space of about four years, that there was no bloodshed.

But wickedness did prevail upon the face of the whole land, insomuch that the Lord did take away his beloved disciples, and the work of miracles and of healing did cease because of the iniquity of the people.

And there were no gifts from the Lord, and the Holy Ghost did not come upon any, because of their wickedness and unbelief.

And I, being fifteen years of age and being somewhat of a sober mind, therefore I was visited of the Lord, and tasted and knew of the goodness of Jesus.

And I did endeavor to preach unto this people, but my mouth was shut, and I was forbidden that I should preach unto them; for behold they had wilfully rebelled against their God; and the beloved disciples were taken away out of the land, because of their iniquity.

But I did remain among them, but I was forbidden to preach unto them, because of the hardness of their hearts; and because of the hardness of their hearts the land was cursed for their sake.



18 At itong mga tulisan ni Gadianton na nasa mga Lamanita, ay namugad sa lupain, kung kaya nga't ang mga nananahanan doon ay nagsimulang itago sa lupa ang kanilang mga kayamanan; at yaon ay naging madulas, dahil ang lupain ay isinumpa ng Panginoon, na hindi na nila mahawakan ang mga yaon, ni hindi na mapanatiling muli ang mga yaon.

19 At ito ay nangyari na, na nagkaroon ng mga manggagaway, at pangungulam, at salamangka; at ang kapangyarihan ng yaong masama ay nakapangyari sa ibabaw ng buong lupain, maging tungo sa katuparan ng lahat ng salita ni Abinadi, at gayon din ni Samuel, ang Lamanita.

And these Gadianton robbers, who were among the Lamanites, did infest the land, insomuch that the inhabitants thereof began to hide up their treasures in the earth; and they became slippery, because the Lord had cursed the land, that they could not hold them, nor retain them again.

And it came to pass that there were sorceries, and witchcrafts, and magics; and the power of the evil one was wrought upon all the face of the land, even unto the fulfilling of all the words of Abinadi, and also Samuel the Lamanite.

## Mormon 2

- 1 At ito ay nangyari na, na sa taon ding yaon ay muling nagsimulang magkaroon ng digmaan sa pagitan ng mga Nephita at ng mga Lamanita. At sa kabila ng aking pagiging bata, ay malaki ang pangangatawan; anupa't ako ay hinirang ng mga tao ni Nephi na ako ang maging pinuno nila, o ang pinuno ng kanilang mga hukbo.
- 2 Kaya nga ito ay nangyari na, na sa aking ikalabing-anim na taon ako ay humayo sa unahan ng hukbo ng mga Nephita, laban sa mga Lamanita; anupa't tatlong daan at dalawampu at anim na taon na ang nakalipas.
- 3 At ito ay nangyari na, na sa ikatatlong daan at dalawampu at pitong taon kami ay sinalakay ng mga Lamanita nang may labis na lakas, hanggang sa natakot nila ang aking mga hukbo; kaya nga tumanggi silang lumaban, at nagsimula silang magsiurong patungo sa hilagang bayan.
- 4 At ito ay nangyari na, na kami ay nakarating sa lunsod ng Angola, at inangkin namin ang lunsod, at gumawa ng mga paghahanda upang maipagtaggol ang aming sarili laban sa mga Lamanita. At ito ay nangyari na, na pinatibay namin ang lunsod nang aming buong lakas; subalit sa kabila ng lahat ng aming pagpapatibay kami ay nasalakay pa rin ng mga Lamanita at naitaboy kami palabas ng lunsod na yaon.
- 5 At naitaboy rin nila kami palabas ng lupain ng David.
- 6 At humayo kami at nakarating sa lupain ng Josue, na nasa mga hangganang kanluran sa may dalampasigan.
- 7 At ito ay nangyari na, na mabilis naming tinipon ang aming mga tao hangga't maaari, upang matipon namin sila sa iisang pangkat.
- 8 Subalit masdan, ang lupain ay puno ng mga tulisan at ng mga Lamanita; at sa kabila ng malaking pagkalipol na nakaantabay sa aking mga tao, hindi sila nagsisi sa kanilang masasamang gawain; anupa't ang pagdadanak ng dugo't pagkakatay ay lumaganap sa ibabaw ng buong lupain, kapwa sa panig ng mga Nephita at sa panig din ng mga Lamanita; at ito ay isang buong pag-uulit-ulit sa ibabaw ng buong lupain.

## Mormon 2

And it came to pass in that same year there began to be a war again between the Nephites and the Lamanites. And notwithstanding I being young, was large in stature; therefore the people of Nephi appointed me that I should be their leader, or the leader of their armies.

Therefore it came to pass that in my sixteenth year I did go forth at the head of an army of the Nephites, against the Lamanites; therefore three hundred and twenty and six years had passed away.

And it came to pass that in the three hundred and twenty and seventh year the Lamanites did come upon us with exceedingly great power, insomuch that they did frighten my armies; therefore they would not fight, and they began to retreat towards the north countries.

And it came to pass that we did come to the city of Angola, and we did take possession of the city, and make preparations to defend ourselves against the Lamanites. And it came to pass that we did fortify the city with our might; but notwithstanding all our fortifications the Lamanites did come upon us and did drive us out of the city.

And they did also drive us forth out of the land of David.

And we marched forth and came to the land of Joshua, which was in the borders west by the seashore.

And it came to pass that we did gather in our people as fast as it were possible, that we might get them together in one body.

But behold, the land was filled with robbers and with Lamanites; and notwithstanding the great destruction which hung over my people, they did not repent of their evil doings; therefore there was blood and carnage spread throughout all the face of the land, both on the part of the Nephites and also on the part of the Lamanites; and it was one complete revolution throughout all the face of the land.

- 9 At ngayon, may hari ang mga Lamanita, at ang kanyang pangalan ay Aaron; at sinalakay niya kami ng isang hukbo ng apatnapu at apat na libo. At masdan, hinarap ko siya ng apatnapu at dalawang libo. At ito ay nangyari na, na nagapi ko siya ng aking hukbo kung kaya't siya ay tumakas sa aking harapan. At masdan, naganap ang lahat ng ito, at ang tatlong daan at tatlumpung taon ay lumipas.
- 10 At ito ay nangyari na, na ang mga Nephita ay nagsimulang magsisi ng kanilang kasamaan, at nagsimulang sumigaw maging tulad ng ipinopropesiya ni Samuel, ang propeta; sapagkat masdan walang sinuman ang nakapagpapanatili ng kanyang sariling pag-aari, dahil sa mga magnanakaw, at ang mga tulisan, at ang mga mamamatay-tao, at ang pagsasalamangka, at ang pambabarang na nasa lupain.
- 11 Sa gayon nagsimulang magkaroon ng pagdadalamhati at pananaghoy sa buong lupain dahil sa mga bagay na ito, at lalung-lalo na sa mga tao ni Nephi.
- 12 At ito ay nangyari na, nang ako, si Mormon, ay nakita ang kanilang pamimighati at kanilang pananaghoy at kanilang kalungkutan sa harapan ng Panginoon, nagsimulang magalak ang aking puso, nalalaman ang mga awa at ang mahabang pagtitiis ng Panginoon, kaya nga nag-aakala na magiging maawain siya sa kanila na sila ay muling maging mabubuting tao.
- 13 Subalit masdan itong aking kagalakan ay walang saysay, sapagkat ang kanilang kalungkutan ay hindi tungo sa pagsisisi, dahil sa kabutihan ng Diyos; kundi ito ang kalungkutan ng mga isinumpa, dahil sa hindi sila laging pahihintulutan ng Panginoon na lumigaya sa kasalanan.
- 14 At hindi sila lumapit kay Jesus nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu, kundi isinusumpa nila ang Diyos, at naghahangad na mamatay. Gayon pa man ipinanghamok nila ang espada para sa kanilang mga buhay.

And now, the Lamanites had a king, and his name was Aaron; and he came against us with an army of forty and four thousand. And behold, I withstood him with forty and two thousand. And it came to pass that I beat him with my army that he fled before me. And behold, all this was done, and three hundred and thirty years had passed away.

And it came to pass that the Nephites began to repent of their iniquity, and began to cry even as had been prophesied by Samuel the prophet; for behold no man could keep that which was his own, for the thieves, and the robbers, and the murderers, and the magic art, and the witchcraft which was in the land.

Thus there began to be a mourning and a lamentation in all the land because of these things, and more especially among the people of Nephi.

And it came to pass that when I, Mormon, saw their lamentation and their mourning and their sorrow before the Lord, my heart did begin to rejoice within me, knowing the mercies and the long-suffering of the Lord, therefore supposing that he would be merciful unto them that they would again become a righteous people.

But behold this my joy was vain, for their sorrowing was not unto repentance, because of the goodness of God; but it was rather the sorrowing of the damned, because the Lord would not always suffer them to take happiness in sin.

And they did not come unto Jesus with broken hearts and contrite spirits, but they did curse God, and wish to die. Nevertheless they would struggle with the sword for their lives.

15 At ito ay nangyari na, na ang aking kalungkutan ay muling bumalik sa akin, at nakita ko na ang araw ng palugit ay lumipas na sa kanila, kapwa pangtemporal at pang-espirituwal; sapagkat nakita ko na libu-libo sa kanila ang napatay sa hayagang paghihimagsik laban sa kanilang Diyos, at ibinunton tulad ng pataba sa lupa sa ibabaw ng lupain. At sa gayon lumipas ang tatlong daan at apatnapu at apat na taon.

16 At ito ay nangyari na, na sa ikatatlong daan at apatnapu at limang taon ang mga Nephita ay nagsimulang magsitakas sa harapan ng mga Lamanita; at sila ay tinugis hanggang sa makarating sila maging sa lupain ng Jashon, bago pa man nagawang pigilin sila sa kanilang pag-urong.

17 At ngayon, ang lunsod ng Jashon ay malapit sa lupain kung saan inilagak ni Amaron ang mga talaan ayon sa Panginoon, upang hindi mawasak ang mga ito. At masdan, ako ay humayo alinsunod sa salita ni Amaron, at kinuha ang mga lamina ni Nephi, at gumawa ng isang talaan alinsunod sa mga salita ni Amaron.

18 At sa mga lamina ni Nephi, ako ay gumawa ng buong ulat tungkol sa lahat ng kasamaan at karumaldumal na gawain; subalit sa mga laminang ito ay nagpigil akong gumawa ng buong ulat ng kanilang kasamaan at mga karumaldumal na gawain, sapagkat masdan, isang patuloy na tagpo ng kasamaan at mga karumaldumal na gawain ang nakatambad sa harapan ng aking mga mata simula pa noong magkaroon ako ng sapat na pang-unawa upang mamasdan ang mga gawi ng tao.

19 At sa aba sa akin dahil sa kanilang kasamaan; sapagkat ang aking puso ay napuspos ng kalungkutan dahil sa kanilang kasamaan, sa lahat ng araw ko; gayon pa man, nalalaman kong ako'y dadakilain sa huling araw.

20 At ito ay nangyari na, na sa taong ito ang mga tao ni Nephi ay muling tinugis at itinaboy. At ito ay nangyari na, na kami ay naitaboy hanggang sa makarating kami pahilaga sa lupaing tinatawag na Sem.

21 At ito ay nangyari na, na pinatibay namin ang lunsod ng Sem, at tinipon namin ang aming mga tao hangga't maaari, na baka sakaling mailigtas namin sila mula sa pagkalipol.

And it came to pass that my sorrow did return unto me again, and I saw that the day of grace was passed with them, both temporally and spiritually; for I saw thousands of them hewn down in open rebellion against their God, and heaped up as dung upon the face of the land. And thus three hundred and forty and four years had passed away.

And it came to pass that in the three hundred and forty and fifth year the Nephites did begin to flee before the Lamanites; and they were pursued until they came even to the land of Jashon, before it was possible to stop them in their retreat.

And now, the city of Jashon was near the land where Ammaron had deposited the records unto the Lord, that they might not be destroyed. And behold I had gone according to the word of Ammaron, and taken the plates of Nephi, and did make a record according to the words of Ammaron.

And upon the plates of Nephi I did make a full account of all the wickedness and abominations; but upon these plates I did forbear to make a full account of their wickedness and abominations, for behold, a continual scene of wickedness and abominations has been before mine eyes ever since I have been sufficient to behold the ways of man.

And wo is me because of their wickedness; for my heart has been filled with sorrow because of their wickedness, all my days; nevertheless, I know that I shall be lifted up at the last day.

And it came to pass that in this year the people of Nephi again were hunted and driven. And it came to pass that we were driven forth until we had come northward to the land which was called Shem.

And it came to pass that we did fortify the city of Shem, and we did gather in our people as much as it were possible, that perhaps we might save them from destruction.

22 At ito ay nangyari na, na sa ikatatlong daan at apatnapu at anim na taon sila ay muling nagsimulang sumalakay sa amin.

23 At ito ay nangyari na, na ako ay nangusap sa aking mga tao, at hinikayat sila nang buong lakas, na buong tapang silang tumindig sa harapan ng mga Lamanita at makipaglaban para sa kanilang mga asawa, at kanilang mga anak, at kanilang mga bahay at kanilang mga tahanan.

24 At ang aking mga salita ay bahagyang napukaw sila na lumakas, kung kaya nga't hindi sila nagsitakas mula sa harapan ng mga Lamanita, kundi lumaban nang buong tapang laban sa kanila.

25 At ito ay nangyari na, na kami ay nakipaglaban sa isang hukbo ng tatlung libo laban sa isang hukbo ng limampung libo. At ito ay nangyari na, na kami ay tumindig sa kanilang harapan nang buong katatagan kung kaya't nagsitakas sila mula sa aming harapan.

26 At ito ay nangyari na, nang sila ay magsitakas tinugis namin sila ng aming mga hukbo, at muli silang hinarap, at nagapi sila; gayon pa man ang lakas ng Panginoon ay wala sa amin; oo, kami ay naiwan sa aming sarili, na ang Espiritu ng Panginoon ay hindi nanatili sa amin; anupa't naging mahihina kami na katulad ng aming mga kapatid.

27 At ang aking puso ay nalungkot dahil dito sa malaking kapahamakan ng aking mga tao, dahil sa kanilang kasamaan at kanilang mga karumal-dumal na gawain. Subalit masdan, kami ay humayo laban sa mga Lamanita at sa mga tulisan ni Gadianton, hanggang sa muli naming naangkin ang mga lupaing aming mana.

28 At ang tatlong daan at apatnapu at siyam na taon ay lumipas. At sa ikatatlong daan at limampung taon kami ay nakipagkasunduan sa mga Lamanita at sa mga tulisan ni Gadianton, kung saan ay hinati-hati namin ang mga lupaing aming mana.

29 At ibinigay sa amin ng mga Lamanita ang lupaing pahilaga, oo, maging hanggang sa makitid na daan patungo sa lupaing patimog. At ibinigay namin sa mga Lamanita ang lahat ng lupaing patimog.

And it came to pass in the three hundred and forty and sixth year they began to come upon us again.

And it came to pass that I did speak unto my people, and did urge them with great energy, that they would stand boldly before the Lamanites and fight for their wives, and their children, and their houses, and their homes.

And my words did arouse them somewhat to vigor, insomuch that they did not flee from before the Lamanites, but did stand with boldness against them.

And it came to pass that we did contend with an army of thirty thousand against an army of fifty thousand. And it came to pass that we did stand before them with such firmness that they did flee from before us.

And it came to pass that when they had fled we did pursue them with our armies, and did meet them again, and did beat them; nevertheless the strength of the Lord was not with us; yea, we were left to ourselves, that the Spirit of the Lord did not abide in us; therefore we had become weak like unto our brethren.

And my heart did sorrow because of this the great calamity of my people, because of their wickedness and their abominations. But behold, we did go forth against the Lamanites and the robbers of Gadianton, until we had again taken possession of the lands of our inheritance.

And the three hundred and forty and ninth year had passed away. And in the three hundred and fiftieth year we made a treaty with the Lamanites and the robbers of Gadianton, in which we did get the lands of our inheritance divided.

And the Lamanites did give unto us the land northward, yea, even to the narrow passage which led into the land southward. And we did give unto the Lamanites all the land southward.

## Mormon 3

- 1 At ito ay nangyari na, na ang mga Lamanita ay hindi na muling nakidigma hanggang sa lumipas pa ang sampung taon. At masdan, pinagawa ko ang aking mga tao, ang mga Nephita, sa paghahanda ng kanilang mga lupain at kanilang mga sandata laban sa panahon ng digmaan.
- 2 At ito ay nangyari na, na sinabi ng Panginoon sa akin: Mangaral sa mga taong ito—Magsisi kayo, at lumapit sa akin, at magpabinyag kayo, at muling itatag ang aking simbahan, at kayo ay maliligtas.
- 3 At ako ay nangaral sa mga taong ito, subalit ito’y nawalang-kabuluhan; at hindi nila naunawaan na ang Panginoon ang siyang nagligtas sa kanila, at nagkaloob sa kanila ng pagkakataon na makapagsisi. At masdan, pinatigas nila ang kanilang mga puso laban sa Panginoon nilang Diyos.
- 4 At ito ay nangyari na, na matapos lumipas ang ikasampung taong ito, na bumubuo ng tatlong daan at animnapung taon mula nang pumarito si Cristo, na ang hari ng mga Lamanita ay nagpadala sa akin ng isang liham, na ipinaaalam sa akin na sila ay naghahanda upang muling makidigma laban sa amin.
- 5 At ito ay nangyari na, na pinapangyari kong samasamang tipunin ng aking mga tao ang kanilang sarili sa lupaing Kapanglawan, sa lunsod na nasa mga hangganan, sa may makitid na daan patungo sa lupaing patimog.
- 6 At doon ay inilagay namin ang aming mga hukbo, upang mapigilan namin ang mga hukbo ng mga Lamanita, upang hindi nila maangkin ang alinman sa aming mga lupain; anupa’t nagpatibay kami laban sa kanila nang aming buong lakas.
- 7 At ito ay nangyari na, na sa ikatatlong daan at animnapu at isang taon ang mga Lamanita ay sumalakay sa lunsod ng Kapanglawan upang makidigma laban sa amin; at ito ay nangyari na, na sa taong yaon sila ay nagapi namin, kung kaya nga’t sila ay muling nagsibalik sa kanilang sariling mga lupain.

## Mormon 3

And it came to pass that the Lamanites did not come to battle again until ten years more had passed away. And behold, I had employed my people, the Nephites, in preparing their lands and their arms against the time of battle.

And it came to pass that the Lord did say unto me: Cry unto this people—Repent ye, and come unto me, and be ye baptized, and build up again my church, and ye shall be spared.

And I did cry unto this people, but it was in vain; and they did not realize that it was the Lord that had spared them, and granted unto them a chance for repentance. And behold they did harden their hearts against the Lord their God.

And it came to pass that after this tenth year had passed away, making, in the whole, three hundred and sixty years from the coming of Christ, the king of the Lamanites sent an epistle unto me, which gave unto me to know that they were preparing to come again to battle against us.

And it came to pass that I did cause my people that they should gather themselves together at the land Desolation, to a city which was in the borders, by the narrow pass which led into the land southward.

And there we did place our armies, that we might stop the armies of the Lamanites, that they might not get possession of any of our lands; therefore we did fortify against them with all our force.

And it came to pass that in the three hundred and sixty and first year the Lamanites did come down to the city of Desolation to battle against us; and it came to pass that in that year we did beat them, insomuch that they did return to their own lands again.

8 At sa ikatatlong daan at animnapu at dalawang taon sila ay muling sumalakay upang makidigma. At muli namin silang nagapi, at napatay ang malaking bilang nila, at ang kanilang mga patay ay itinaon sa dagat.

9 At ngayon, dahil sa malaking bagay na ito na nagawa ng aking mga tao, ang mga Nephita, sila ay nagsimulang magmalaki sa kanilang sariling lakas, at nagsimulang manumpa sa harapan ng kalangitan na ipaghihiganti nila ang kanilang sarili sa dugo ng kanilang mga kapatid na napatay ng kanilang mga kaaway.

10 At sila ay nanumpa sa kalangitan, at gayon din sa trono ng Diyos, na sila ay aahon sa pakikidigma laban sa kanilang mga kaaway, at lilipulin sila mula sa ibabaw ng lupain.

11 At ito ay nangyari na, na ako, si Mormon, ay lubusan nang tumanggi simula noon na maging komandante at isang pinuno ng mga taong ito, dahil sa kanilang kasamaan at mga karumal-dumal na gawain.

12 Masdan, sila ay pinamunuan ko, sa kabila ng kanilang kasamaan sila ay pinamunuan ko nang maraming ulit sa pakikidigma, at minahal sila, alinsunod sa pagmamahal ng Diyos na nasa akin, nang buong puso ko; at ang aking kaluluwa ay ibinuho sa panalangin sa aking Diyos nang buong magdamag para sa kanila; gayon pa man, ito'y walang pananampalataya, dahil sa katigasan ng kanilang mga puso.

13 At tatlong ulit ko silang iniligtas mula sa mga kamay ng kanilang mga kaaway, at hindi sila nagsipagsisi ng kanilang mga kasalanan.

14 At nang sila ay makapanumpa ng lahat ng ipinagbabawal sa kanila ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo, na sila ay aahon upang makidigma sa kanilang mga kaaway, at ipaghihiganti ang kanilang sarili sa dugo ng kanilang mga kapatid, masdan ang tinig ng Panginoon ay nangusap sa akin, sinasabing:

15 Sa akin ang paghihiganti, at ako ang gaganti; at sapagkat hindi nagsisi ang mga taong ito matapos ko silang iligtas, masdan, sila'y malilipol mula sa balat ng lupa.

And in the three hundred and sixty and second year they did come down again to battle. And we did beat them again, and did slay a great number of them, and their dead were cast into the sea.

And now, because of this great thing which my people, the Nephites, had done, they began to boast in their own strength, and began to swear before the heavens that they would avenge themselves of the blood of their brethren who had been slain by their enemies.

And they did swear by the heavens, and also by the throne of God, that they would go up to battle against their enemies, and would cut them off from the face of the land.

And it came to pass that I, Mormon, did utterly refuse from this time forth to be a commander and a leader of this people, because of their wickedness and abomination.

Behold, I had led them, notwithstanding their wickedness I had led them many times to battle, and had loved them, according to the love of God which was in me, with all my heart; and my soul had been poured out in prayer unto my God all the day long for them; nevertheless, it was without faith, because of the hardness of their hearts.

And thrice have I delivered them out of the hands of their enemies, and they have repented not of their sins.

And when they had sworn by all that had been forbidden them by our Lord and Savior Jesus Christ, that they would go up unto their enemies to battle, and avenge themselves of the blood of their brethren, behold the voice of the Lord came unto me, saying:

Vengeance is mine, and I will repay; and because this people repented not after I had delivered them, behold, they shall be cut off from the face of the earth.

- 16 At ito ay nangyari na, na ako ay lubusan nang tumangging humayo laban sa aking mga kaaway; at ginawa ko maging ang ipinag-utos sa akin ng Panginoon; at ako ay tumindig bilang isang piping saksi upang patunayan sa sanlibutan ang mga bagay na aking nakita at narinig, alinsunod sa pagpapatunay ng Espiritu na siyang nagpatotoo sa mga bagay na darating.
- 17 Kaya nga, ako ay sumusulat sa inyo, mga Gentil, at gayon din sa inyo, sambahayan ni Israel, kapag ang gawain ay nagsimula na, na kayo'y malapit nang ihanda na magbalik sa lupaing inyong mana;
- 18 Oo, masdan, ako ay sumusulat sa lahat ng nasa mga dulo ng mundo; oo, sa inyo, labindalawang lipi ni Israel, na hahatulan alinsunod sa inyong mga gawa ng labindalawang pinili ni Jesus na maging mga disipulo niya sa lupain ng Jerusalem.
- 19 At ako ay sumusulat din sa labi ng mga taong ito, na hahatulan din ng labindalawang pinili ni Jesus sa lupaing ito; at sila'y hahatulan din ng iba pang labindalawang pinili ni Jesus sa lupain ng Jerusalem.
- 20 At ang mga bagay na ito ang pinahahayag ng Espiritu sa akin; kaya nga, ako ay sumusulat sa inyong lahat. At sa kadahilanang ito ko kayo sinusulatan, upang malaman ninyo na kinakailangan kayong tumindig na lahat sa harapan ng hukumang-luklukan ni Cristo, oo, bawat tao na nabibilang sa buong mag-anak ni Adan; at kinakailangan kayong tumindig upang mahatulan sa inyong mga gawa, maging sila ma'y mabuti o masama;
- 21 At gayon din upang kayo ay maniwala sa ebanghelyo ni Jesucristo, na matatanggap ninyo sa inyo; at gayon din upang ang mga Judio, na mga pinagtipanang tao ng Panginoon, ay magkaroon ng iba pang saksi maliban sa kanya na kanilang nakita at narinig, na si Jesus, na kanilang pinatay, ang siya ring Cristo at ang siya ring Diyos.
- 22 At nais ko na mahikayat ko kayong lahat ng nasa mga dulo ng mundo na magsisi at maghandang tumindig sa harapan ng hukumang-luklukan ni Cristo.

And it came to pass that I utterly refused to go up against mine enemies; and I did even as the Lord had commanded me; and I did stand as an idle witness to manifest unto the world the things which I saw and heard, according to the manifestations of the Spirit which had testified of things to come.

Therefore I write unto you, Gentiles, and also unto you, house of Israel, when the work shall commence, that ye shall be about to prepare to return to the land of your inheritance;

Yea, behold, I write unto all the ends of the earth; yea, unto you, twelve tribes of Israel, who shall be judged according to your works by the twelve whom Jesus chose to be his disciples in the land of Jerusalem.

And I write also unto the remnant of this people, who shall also be judged by the twelve whom Jesus chose in this land; and they shall be judged by the other twelve whom Jesus chose in the land of Jerusalem.

And these things doth the Spirit manifest unto me; therefore I write unto you all. And for this cause I write unto you, that ye may know that ye must all stand before the judgment-seat of Christ, yea, every soul who belongs to the whole human family of Adam; and ye must stand to be judged of your works, whether they be good or evil;

And also that ye may believe the gospel of Jesus Christ, which ye shall have among you; and also that the Jews, the covenant people of the Lord, shall have other witness besides him whom they saw and heard, that Jesus, whom they slew, was the very Christ and the very God.

And I would that I could persuade all ye ends of the earth to repent and prepare to stand before the judgment-seat of Christ.



## Mormon 4

- 1 At ngayon ito ay nangyari na, na sa ikatatlong daan at animnapu at tatlong taon, ang hukbo ng mga Nephita ay umahon upang makidigma sa mga Lamanita, sa labas ng lupain ng Kapanglawan.
- 2 At ito ay nangyari na, na ang hukbo ng mga Nephita ay muling naitaboy pabalik sa lupain ng Kapanglawan. At habang sila ay pagod pa, isang bagong hukbo ng mga Lamanita ang sumalakay sa kanila; at nagkaroon sila ng masidhing labanan, kung kaya nga't nasakop ng mga Lamanita ang lunsod ng Kapanglawan, at napatay ang marami sa mga Nephita, at marami ang mga nadalang bihag.
- 3 At ang mga nalabi ay tumakas at sumama sa mga nananahanan sa lunsod ng Tianscum. Ngayon, ang lunsod ng Tianscum ay nasa mga hangganan sa may dalampasigan; at iyon ay malapit din sa lunsod ng Kapanglawan.
- 4 At dahil ang mga hukbo ng mga Nephita ang humayo sa mga Lamanita kung kaya't sila ay nagsimulang parusahan; sapagkat kung hindi dahil doon, hindi sana magkakaroon ng kapangyarihan ang mga Lamanita sa kanila.
- 5 Ngunit masdan, ang mga kahatulan ng Diyos ay aabot sa masasama; at sa pamamagitan ng masasama na ang masasama ay pinarurusahan; sapagkat yaong masasama ang pumupukaw sa mga puso ng mga anak ng tao sa pagpapadanak ng dugo.
- 6 At ito ay nangyari na, na ang mga Lamanita ay nagsagawa ng mga paghahanda sa pagsalakay laban sa lunsod ng Tianscum.
- 7 At ito ay nangyari na, na sa ikatatlong daan at animnapu at apat na taon, ang mga Lamanita ay sumalakay laban sa lunsod ng Tianscum, upang kanila ring masakop ang lunsod ng Tianscum.
- 8 At ito ay nangyari na, na sila ay napaurong at naitaboy pabalik ng mga Nephita. At nang makita ng mga Nephita na kanilang naitaboy ang mga Lamanita, sila ay muling nagmalaki sa kanilang sariling lakas; at sila ay sumalakay sa kanilang sariling lakas, at muling nabawi nila ang lunsod ng Kapanglawan.
- 9 At ngayon, ang lahat ng bagay na ito ay nangyari, at mayroon ng libu-libong napatay sa magkabilang panig, kapwa sa mga Nephita at sa mga Lamanita.

## Mormon 4

And now it came to pass that in the three hundred and sixty and third year the Nephites did go up with their armies to battle against the Lamanites, out of the land Desolation.

And it came to pass that the armies of the Nephites were driven back again to the land of Desolation. And while they were yet weary, a fresh army of the Lamanites did come upon them; and they had a sore battle, insomuch that the Lamanites did take possession of the city Desolation, and did slay many of the Nephites, and did take many prisoners.

And the remainder did flee and join the inhabitants of the city Teancum. Now the city Teancum lay in the borders by the seashore; and it was also near the city Desolation.

And it was because the armies of the Nephites went up unto the Lamanites that they began to be smitten; for were it not for that, the Lamanites could have had no power over them.

But, behold, the judgments of God will overtake the wicked; and it is by the wicked that the wicked are punished; for it is the wicked that stir up the hearts of the children of men unto bloodshed.

And it came to pass that the Lamanites did make preparations to come against the city Teancum.

And it came to pass in the three hundred and sixty and fourth year the Lamanites did come against the city Teancum, that they might take possession of the city Teancum also.

And it came to pass that they were repulsed and driven back by the Nephites. And when the Nephites saw that they had driven the Lamanites they did again boast of their own strength; and they went forth in their own might, and took possession again of the city Desolation.

And now all these things had been done, and there had been thousands slain on both sides, both the Nephites and the Lamanites.

- 10 At ito ay nangyari na, na ang ikatatlong daan at animnapu at anim na taon ay lumipas, at muling sumalakay ang mga Lamanita sa mga Nephita upang makidigma; gayon man ang mga Nephita ay hindi nagsipagsisi sa kasamaang kanilang nagawa, kundi patuloy na nagpumilit sa kanilang kasamaan.
- 11 At hindi maaaring mailarawan ng dila, o maisulat ng isang tao ang ganap na larawan ng kasindak-sindak na tanawin ng dugo at pagkatay na nasa mga tao, kapwa sa mga Nephita at sa mga Lamanita; at ang bawat puso ay tumigas, kung kaya't sila ay patuloy na nalugod sa pagpapadanak ng dugo.
- 12 At hindi kailanman nagkaroon ng gayon kalaking kasamaan sa lahat ng anak ni Lehi, ni maging sa buong sambahayan ni Israel, ayon sa mga salita ng Panginoon, na katulad ng nasa mga taong ito.
- 13 At ito ay nangyari na, na nakuha ng mga Lamanita ang lunsod ng Kapanglawan, at ito ay dahil sa ang kanilang bilang ay higit pa sa bilang ng mga Nephita.
- 14 At sila rin ay sumalakay laban sa lunsod ng Tiankum, at itinaboy palabas ang mga nananahanan doon, at maraming dinalang bihag na kapwa mga babae at bata, at inialay sila bilang mga hain sa kanilang mga diyus-diyusan.
- 15 At ito ay nangyari na, na sa ikatatlong daan at animnapu at pitong taon, ang mga Nephita na nagagalit sapagkat ang mga Lamanita ay inialay ang kanilang kababaihan at ang kanilang mga anak, kung kaya't sila ay sumalakay laban sa mga Lamanita sa matinding galit, hanggang sa muli nilang nagapi ang mga Lamanita, at naitaboy silang palabas ng kanilang mga lupain.
- 16 At ang mga Lamanita ay hindi na muling sumalakay pa sa mga Nephita hanggang sa ikatatlong daan at pitumpu at limang taon.
- 17 At sa taong ito, sila ay muling sumalakay sa mga Nephita nang buo nilang lakas, at hindi sila mabilang dahil sa kalakihan ng kanilang bilang.
- 18 At magmula sa panahong ito, ang mga Nephita ay hindi na nagkaroon pa ng kapangyarihan laban sa mga Lamanita, kundi nagsimulang mapalis nila maging katulad ng hamog sa harapan ng araw.

And it came to pass that the three hundred and sixty and sixth year had passed away, and the Lamanites came again upon the Nephites to battle; and yet the Nephites repented not of the evil they had done, but persisted in their wickedness continually.

And it is impossible for the tongue to describe, or for man to write a perfect description of the horrible scene of the blood and carnage which was among the people, both of the Nephites and of the Lamanites; and every heart was hardened, so that they delighted in the shedding of blood continually.

And there never had been so great wickedness among all the children of Lehi, nor even among all the house of Israel, according to the words of the Lord, as was among this people.

And it came to pass that the Lamanites did take possession of the city Desolation, and this because their number did exceed the number of the Nephites.

And they did also march forward against the city Teancum, and did drive the inhabitants forth out of her, and did take many prisoners both women and children, and did offer them up as sacrifices unto their idol gods.

And it came to pass that in the three hundred and sixty and seventh year, the Nephites being angry because the Lamanites had sacrificed their women and their children, that they did go against the Lamanites with exceedingly great anger, insomuch that they did beat again the Lamanites, and drive them out of their lands.

And the Lamanites did not come again against the Nephites until the three hundred and seventy and fifth year.

And in this year they did come down against the Nephites with all their powers; and they were not numbered because of the greatness of their number.

And from this time forth did the Nephites gain no power over the Lamanites, but began to be swept off by them even as a dew before the sun.

- 19 At ito ay nangyari na, na ang mga Lamanita ay sumalakay sa lunsod ng Kapanglawan; at nagkaroon ng lubhang masidhing labanan sa lupain ng Kapanglawan; kung saan kanilang nagapi ang mga Nephita.
- 20 At muli silang tumakas mula sa kanilang harapan, at sila ay nakarating sa lunsod ng Boaz; at doon sila humarap nang buong katapangan laban sa mga Lamanita, kung kaya't hindi sila nagapi ng mga Lamanita hanggang sa muli silang sumalakay sa ikalawang pagkakataon.
- 21 At nang sila ay sumalakay sa ikalawang pagkakataon, ang mga Nephita ay naitaboy at napatay sa isang lubhang malupit na pagkatay; ang kanilang kababaihan at kanilang mga anak ay muling inialay sa mga diyus-diyusan.
- 22 At ito ay nangyari na, na ang mga Nephita ay muling tumakas mula sa kanilang harapan, kasama ang lahat ng nanahanan, kapwa sa mga bayan at nayon.
- 23 At ngayon ako, si Mormon, nakikitang malapit nang maibagsak ng mga Lamanita ang lupain, kaya nga, ako ay nagtungo sa burol ng Shim, at kinuha ang lahat ng talaang ikinubli ni Amaron ayon sa Panginoon.

And it came to pass that the Lamanites did come down against the city Desolation; and there was an exceedingly sore battle fought in the land Desolation, in the which they did beat the Nephites.

And they fled again from before them, and they came to the city Boaz; and there they did stand against the Lamanites with exceeding boldness, in-somuch that the Lamanites did not beat them until they had come again the second time.

And when they had come the second time, the Nephites were driven and slaughtered with an exceedingly great slaughter; their women and their children were again sacrificed unto idols.

And it came to pass that the Nephites did again flee from before them, taking all the inhabitants with them, both in towns and villages.

And now I, Mormon, seeing that the Lamanites were about to overthrow the land, therefore I did go to the hill Shim, and did take up all the records which Ammaron had hid up unto the Lord.

## Mormon 5

- 1 At ito ay nangyari na, na ako ay humayo sa mga Nephita, at nagsisi sa sumpang ginawa ko na hindi ko na sila muli pang tutulongan; at muli nilang ibinigay sa akin ang pamumuno sa kanilang mga hukbo, sapagkat tinitingala nila ako na tila bagang maililigtas ko sila mula sa kanilang mga paghihirap.
- 2 Subalit masdan, ako'y walang pag-asa, sapagkat alam ko ang mga kahatulan ng Panginoon na sasapit sa kanila; sapagkat hindi sila nagsisi ng kanilang mga kasamaan, kundi nakikipaglaban para sa kanilang mga buhay nang hindi tumatawag sa yaong Lumikha na lumalang sa kanila.
- 3 At ito ay nangyari na, na ang mga Lamanita ay sumalakay sa amin samantalang kami ay nagsisitakas patungo sa lunsod ng Jordan; subalit masdan, sila ay naitaboy pabalik kung kaya't hindi nila nakuha ang lunsod sa panahong yaon.
- 4 At ito ay nangyari na, na sila ay muling sumalakay sa amin, at napanatili namin ang lunsod. At may iba pang mga lunsod na napanatili ng mga Nephita, kung aling mga muog ang siyang pumigil sa kanila kung kaya't hindi sila makapasok sa bayan na nasa aming harapan, upang lipulin ang mga naninirahan sa aming lupain.
- 5 Subalit ito ay nangyari na, na kung saan mang lupain kami dumaan at hindi sama-samang natipon ang mga naninirahan doon, ay nalipol ng mga Lamanita, at ang kanilang mga bayan, at kanilang mga nayon, at mga lunsod ay sinunog ng apoy; at sa gayon lumipas ang tatlong daan at pitumpu at siyam na taon.
- 6 At ito ay nangyari na, na sa ikatatlong daan at walumpung taon ang mga Lamanita ay muling sumalakay laban sa amin sa pakikidigma, at kami ay humarap sa kanila nang buong tapang; subalit lahat ay nawalang-saysay, sapagkat napakalaki ng kanilang bilang kung kaya't niyurakan nila ang mga tao ng mga Nephita sa ilalim ng kanilang mga paa.
- 7 At ito ay nangyari na, na kami ay muling nagsitakas, at yaong ang mga pagtakas ay higit na mabilis kaysa sa mga Lamanita ay nakatakas, at yaong ang mga pagtakas ay hindi nakahigit sa mga Lamanita ay napalis at nalipol.

## Mormon 5

And it came to pass that I did go forth among the Nephites, and did repent of the oath which I had made that I would no more assist them; and they gave me command again of their armies, for they looked upon me as though I could deliver them from their afflictions.

But behold, I was without hope, for I knew the judgments of the Lord which should come upon them; for they repented not of their iniquities, but did struggle for their lives without calling upon that Being who created them.

And it came to pass that the Lamanites did come against us as we had fled to the city of Jordan; but behold, they were driven back that they did not take the city at that time.

And it came to pass that they came against us again, and we did maintain the city. And there were also other cities which were maintained by the Nephites, which strongholds did cut them off that they could not get into the country which lay before us, to destroy the inhabitants of our land.

But it came to pass that whatsoever lands we had passed by, and the inhabitants thereof were not gathered in, were destroyed by the Lamanites, and their towns, and villages, and cities were burned with fire; and thus three hundred and seventy and nine years passed away.

And it came to pass that in the three hundred and eightieth year the Lamanites did come again against us to battle, and we did stand against them boldly; but it was all in vain, for so great were their numbers that they did tread the people of the Nephites under their feet.

And it came to pass that we did again take to flight, and those whose flight was swifter than the Lamanites' did escape, and those whose flight did not exceed the Lamanites' were swept down and destroyed.

8 At ngayon masdan, ako, si Mormon, ay hindi nagnanais na saktan ang mga kaluluwa ng tao sa pamamagitan ng paglalahad sa kanila ng mga gayong kakila-kilabot na tagpo ng dugo at pagkatay katulad ng nakahantad sa harapan ng aking mga mata; kundi ako, nalalaman na ang mga bagay na ito ay tiyak na ipaaalam, at na yaong mga bagay na natatago ay ihahayag sa mga bubungan—

9 At kinakailangan ding makarating ang kaalaman ng mga bagay na ito sa labi ng mga taong ito, at gayon din sa mga Gentil, na siyang sinabi ng Panginoon na magkakalat sa mga taong ito, at ang mga taong ito ay ituturing na walang kabuluhan sa kanila—kaya nga, ako ay sumusulat ng isang maikling buod, hindi mangangahas na magbigay ng buong ulat ng mga bagay na nakita ko, dahil sa kautusang natanggap ko, at gayon din upang hindi kayo labis na malungkot dahil sa kasamaan ng mga taong ito.

10 At ngayon masdan, ito ay sinasabi ko sa kanilang mga binhi, at gayon din sa mga Gentil na siyang kakalinga sa sambahayan ni Israel, na nakauunawa at nakaaalam kung saan nagmula ang kanilang mga pagpapala.

11 Sapagkat nalalaman ko na ang gayon ay malulungkot dahil sa naging pagkawasak ng sambahayan ni Israel; oo, sila ay malulungkot dahil sa pagkalipol ng mga taong ito; sila ay malulungkot sapagkat hindi nagsisi ang mga taong ito nang sa gayon sana'y niyakap sila ng mga bisig ni Jesus.

12 Ngayon, ang mga bagay na ito ay isinulat para sa labi ng sambahayan ni Jacob; at nasusulat ang mga ito alinsunod sa ganitong pamamaraan, sapagkat nalalaman ng Diyos na ang mga ito ay hindi makararating sa kanila sa kasamaan; at ikukubli ang mga ito ayon sa Panginoon upang lumabas ang mga ito sa kanyang sariling takdang panahon.

13 At ito ang kautusang natanggap ko; at masdan, labas ang mga ito alinsunod sa kautusan ng Panginoon, kung kailan niya mamarapatin, sa kanyang karunungan.

And now behold, I, Mormon, do not desire to harrow up the souls of men in casting before them such an awful scene of blood and carnage as was laid before mine eyes; but I, knowing that these things must surely be made known, and that all things which are hid must be revealed upon the house-tops—

And also that a knowledge of these things must come unto the remnant of these people, and also unto the Gentiles, who the Lord hath said should scatter this people, and this people should be counted as naught among them—therefore I write a small abridgment, daring not to give a full account of the things which I have seen, because of the commandment which I have received, and also that ye might not have too great sorrow because of the wickedness of this people.

And now behold, this I speak unto their seed, and also to the Gentiles who have care for the house of Israel, that realize and know from whence their blessings come.

For I know that such will sorrow for the calamity of the house of Israel; yea, they will sorrow for the destruction of this people; they will sorrow that this people had not repented that they might have been clasped in the arms of Jesus.

Now these things are written unto the remnant of the house of Jacob; and they are written after this manner, because it is known of God that wickedness will not bring them forth unto them; and they are to be hid up unto the Lord that they may come forth in his own due time.

And this is the commandment which I have received; and behold, they shall come forth according to the commandment of the Lord, when he shall see fit, in his wisdom.

- 14 At masdan, ang mga ito ay hahayo sa kawalang-paniniwala ng mga Judio; at sa layuning ito kung kaya't hahayo ang mga ito—upang mapaniwala sila na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos; upang maisagawa ng Ama, sa pamamagitan ng kanyang Pinakamamahal, ang kanyang dakila at walang hanggang layunin, sa pagpapanumbalik sa mga Judio, o ng buong sambahayan ni Israel, sa lupaing kanilang mana, na ibinigay sa kanila ng Panginoon nilang Diyos, tungo sa katuparan ng kanyang tipan;
- 15 At gayon din upang ang mga binhi ng mga taong ito ay lubusang maniwala sa kanyang ebanghelyo, na hahayo sa kanila mula sa mga Gentil; sapagkat ang mga taong ito ay makakalat, at magiging maiitim, marurumi, at mga nakarimarim na tao, na di kayang isalarawan na kailanma'y nagkaroon na sa atin, oo, maging sa mga Lamanita, at ito ay dahil sa kanilang kawalang-paniniwala at pagsamba sa mga diyus-diyusan.
- 16 Sapagkat masdan, ang Espiritu ng Panginoon ay tumigil nang mamalagi sa kanilang mga ama; at sila'y walang Cristo at Diyos sa daigdig; at sila ay itinataboy tulad ng ipa sa hangin.
- 17 Minsan silang naging mga kaaya-ayang tao, at tinanggap nila si Cristo na kanilang pastor; oo, sila ay pinamunuan maging ng Diyos Ama.
- 18 Subalit ngayon, masdan, sila ay inakay ni Satanas, maging tulad ng ipang itinataboy ng hangin, o tulad ng isang sasakyang-dagat na hinahampas ng mga alon, nang walang layag o angkla, o walang anumang bagay kung paano ito pakikilusin; at maging tulad nito, sila ay gayon din.
- 19 At masdan, inilaan ng Panginoon ang kanilang mga pagpapala na natanggap sana nila sa lupain, para sa mga Gentil na mag-aangkin ng lupain.
- 20 Subalit masdan, ito ay mangyayari na sila'y itataboy at ikakalat ng mga Gentil; at matapos silang itaboy at ikalat ng mga Gentil, masdan, pagkatapos ay maaalaala ng Panginoon ang tipang kanyang ginawa kay Abraham at sa buong sambahayan ni Israel.
- 21 At maaalaala rin ng Panginoon ang mga panalangin ng mabubuti, na isinamo sa kanya para sa kanila.

And behold, they shall go unto the unbelieving of the Jews; and for this intent shall they go—that they may be persuaded that Jesus is the Christ, the Son of the living God; that the Father may bring about, through his most Beloved, his great and eternal purpose, in restoring the Jews, or all the house of Israel, to the land of their inheritance, which the Lord their God hath given them, unto the fulfilling of his covenant;

And also that the seed of this people may more fully believe his gospel, which shall go forth unto them from the Gentiles; for this people shall be scattered, and shall become a dark, a filthy, and a loathsome people, beyond the description of that which ever hath been amongst us, yea, even that which hath been among the Lamanites, and this because of their unbelief and idolatry.

For behold, the Spirit of the Lord hath already ceased to strive with their fathers; and they are without Christ and God in the world; and they are driven about as chaff before the wind.

They were once a delightsome people, and they had Christ for their shepherd; yea, they were led even by God the Father.

But now, behold, they are led about by Satan, even as chaff is driven before the wind, or as a vessel is tossed about upon the waves, without sail or anchor, or without anything wherewith to steer her; and even as she is, so are they.

And behold, the Lord hath reserved their blessings, which they might have received in the land, for the Gentiles who shall possess the land.

But behold, it shall come to pass that they shall be driven and scattered by the Gentiles; and after they have been driven and scattered by the Gentiles, behold, then will the Lord remember the covenant which he made unto Abraham and unto all the house of Israel.

And also the Lord will remember the prayers of the righteous, which have been put up unto him for them.

- 22 At pagkatapos, O kayong mga Gentil, paano kayo makatitindig sa harapan ng kapangyarihan ng Diyos, maliban kung kayo'y magsisisi at tatalikuran ang inyong masasamang gawain?
- 23 Hindi ba ninyo nalalaman na kayo ay nasa mga kamay ng Diyos? Hindi ba ninyo nalalaman na taglay niya ang lahat ng kapangyarihan, at sa kanyang dakilang pag-uutos ang mundo ay mababalumbon tulad ng isang nakalulon na papel?
- 24 Kaya nga, magsisi kayo, at magpakumbaba ng inyong sarili sa kanyang harapan, kundi ay ipapataw niya ang katarungan laban sa inyo—na baka isang labi ng mga binhi ni Jacob ang magtungo sa inyo tulad ng isang leon, at lurayin kayong pira-piraso, at walang sinumang maliligtas.

And then, O ye Gentiles, how can ye stand before the power of God, except ye shall repent and turn from your evil ways?

Know ye not that ye are in the hands of God? Know ye not that he hath all power, and at his great command the earth shall be rolled together as a scroll?

Therefore, repent ye, and humble yourselves before him, lest he shall come out in justice against you—lest a remnant of the seed of Jacob shall go forth among you as a lion, and tear you in pieces, and there is none to deliver.

## Mormon 6

- 1 At ngayon, tatapusin ko ang aking talaan hinggil sa pagkalipol ng aking mga tao, ang mga Nephita. At ito ay nangyari na, na kami ay humayo sa harapan ng mga Lamanita.
- 2 At ako, si Mormon, ay sumulat ng liham sa hari ng mga Lamanita, at hiniling sa kanya na kanyang ipagkaloob sa amin na kung maaari ay matipong magkakasama ang aming mga tao sa lupain ng Cumorah, sa burol na tinatawag na Cumorah, at doon kami makikipagdigma sa kanila.
- 3 At ito ay nangyari na, na ipinagkaloob sa akin ng hari ng mga Lamanita ang bagay na aking hiniling.
- 4 At ito ay nangyari na, na kami ay humayo sa lupain ng Cumorah, at itinayo namin ang aming mga tolda sa paligid ng burol ng Cumorah; at iyon ay sa isang lupain ng maraming tubig, mga ilog, at bukal; at dito kami ay umasang magkakaroon ng kalamangan sa mga Lamanita.
- 5 At nang ang tatlong daan at walumpu at apat na taon ay makalipas, natipon naming lahat ang nalabi sa aming mga tao sa lupain ng Cumorah.
- 6 At ito ay nangyari na, nang matipon naming sama-sama ang lahat ng aming mga tao sa lupain ng Cumorah, masdan, ako, si Mormon, ay nagsimulang tumanda; at nalalaman na ito ang huling pakikipaglaban ng aking mga tao, at napag-utusan ng Panginoon na huwag kong pahihintulutan na ang mga talaang ipinasa-pasa ng aming mga ama, na banal, ay mahulog sa mga kamay ng mga Lamanita, (sapagkat sisirain ang mga ito ng mga Lamanita) kaya nga, ginawa ko ang mga talaang ito mula sa mga lamina ni Nephi, at itinago sa burol Cumorah ang lahat ng talaang ipinagkatiwala sa akin ng kamay ng Panginoon, maliban dito sa iilang lamina na ibinigay ko sa aking anak na lalaki na si Moroni.
- 7 At ito ay nangyari na, na ang aking mga tao, kasama ang kanilang mga asawa at kanilang mga anak, ay namasdan ngayon ang mga hukbo ng mga Lamanita na humahayo patungo sa kanila; at lakip ang kakila-kilabot na takot sa kamatayan na pumupuno sa mga dibdib ng lahat ng masama, ay hinintay nilang tanggapin sila.

## Mormon 6

And now I finish my record concerning the destruction of my people, the Nephites. And it came to pass that we did march forth before the Lamanites.

And I, Mormon, wrote an epistle unto the king of the Lamanites, and desired of him that he would grant unto us that we might gather together our people unto the land of Cumorah, by a hill which was called Cumorah, and there we could give them battle.

And it came to pass that the king of the Lamanites did grant unto me the thing which I desired.

And it came to pass that we did march forth to the land of Cumorah, and we did pitch our tents around about the hill Cumorah; and it was in a land of many waters, rivers, and fountains; and here we had hope to gain advantage over the Lamanites.

And when three hundred and eighty and four years had passed away, we had gathered in all the remainder of our people unto the land of Cumorah.

And it came to pass that when we had gathered in all our people in one to the land of Cumorah, behold I, Mormon, began to be old; and knowing it to be the last struggle of my people, and having been commanded of the Lord that I should not suffer the records which had been handed down by our fathers, which were sacred, to fall into the hands of the Lamanites, (for the Lamanites would destroy them) therefore I made this record out of the plates of Nephi, and hid up in the hill Cumorah all the records which had been entrusted to me by the hand of the Lord, save it were these few plates which I gave unto my son Moroni.

And it came to pass that my people, with their wives and their children, did now behold the armies of the Lamanites marching towards them; and with that awful fear of death which fills the breasts of all the wicked, did they await to receive them.



- 8 At ito ay nangyari na, na sila ay sumalakay upang makidigma laban sa amin, at ang bawat tao ay napuspos ng takot dahil sa kalakihan ng kanilang bilang.
- 9 At ito ay nangyari na, na dinaluhong nila ang aking mga tao ng espada, at ng busog, at ng palaso, at ng palakol, at ng lahat ng uri ng sandata ng digmaan.
- 10 At ito ay nangyari na, na ang aking mga tauhan ay pinaghahalihaw, oo, maging ang sampung libong kasama ko, at ako ay bumagsak na sugatan sa gitna; at kanila akong nalampasan kung kaya't hindi nila nawakasan ang aking buhay.
- 11 At nang sila ay makatapos at kanilang mapabagsak ang lahat ng aking mga tao maliban sa dalawampu at apat sa amin, (kasama ang aking anak na si Moroni) at kami na nakaligtas sa kamatayan ng aming mga tao, ay namasdan kinabukasan, nang magsibalik na ang mga Lamanita sa kanilang mga kuta, mula sa tuktok ng burol Cumorah, ang sampung libo ng aking mga tao na pinaghahalihaw, na pinamunuan ko.
- 12 At namasdan din namin ang sampung libong tao ko na pinamunuan ng aking anak na si Moroni.
- 13 At masdan, ang sampung libo ni Gidgidonas ay bumagsak, at siya rin na nasa gitna.
- 14 At si Lemas ay bumagsak kasama ang kanyang sampung libo; at si Gilgal ay bumagsak kasama ang kanyang sampung libo; at si Limhas ay bumagsak kasama ang kanyang sampung libo; at si Jeneum ay bumagsak kasama ang kanyang sampung libo; at si Cumenihas, at si Moronihah, at si Antionum, at si Siblom, at si Sem, at si Jos, ay nangabagsak kasama ang kanilang tig-sampung libo.
- 15 At ito ay nangyari na, na mayroon pang sampung bumagsak sa pamamagitan ng espada, kasama ang kanilang tig-sampung libo; oo, maging ang lahat ng aking mga tao, maliban doon sa dalawampu at apat na kasama ko, at gayon din ang ilang tumakas patungo sa mga bayan sa timog, at ang ilang umanib sa mga Lamanita, ay nangabagsak; at ang kanilang mga laman, at buto, at dugo ay nakakalat sa balat ng lupa, na naiwan ng mga kamay ng mga yaong pumatay sa kanila upang mabulok sa ibabaw ng lupa, at maagnas at bumalik sa kanilang inang lupa.

And it came to pass that they came to battle against us, and every soul was filled with terror because of the greatness of their numbers.

And it came to pass that they did fall upon my people with the sword, and with the bow, and with the arrow, and with the ax, and with all manner of weapons of war.

And it came to pass that my men were hewn down, yea, even my ten thousand who were with me, and I fell wounded in the midst; and they passed by me that they did not put an end to my life.

And when they had gone through and hewn down all my people save it were twenty and four of us, (among whom was my son Moroni) and we having survived the dead of our people, did behold on the morrow, when the Lamanites had returned unto their camps, from the top of the hill Cumorah, the ten thousand of my people who were hewn down, being led in the front by me.

And we also beheld the ten thousand of my people who were led by my son Moroni.

And behold, the ten thousand of Gidgidonah had fallen, and he also in the midst.

And Lamah had fallen with his ten thousand; and Gilgal had fallen with his ten thousand; and Limhah had fallen with his ten thousand; and Jeneum had fallen with his ten thousand; and Cumenihah, and Moronihah, and Antionum, and Shiblom, and Shem, and Josh, had fallen with their ten thousand each.

And it came to pass that there were ten more who did fall by the sword, with their ten thousand each; yea, even all my people, save it were those twenty and four who were with me, and also a few who had escaped into the south countries, and a few who had deserted over unto the Lamanites, had fallen; and their flesh, and bones, and blood lay upon the face of the earth, being left by the hands of those who slew them to molder upon the land, and to crumble and to return to their mother earth.

- 16 At ang aking kaluluwa ay nabagbag sa pagdadalamhati, dahil sa pagkamatay ng aking mga tao, at ako ay napabulalas:
- 17 O kayong mga kaaya-aya, paanong kayo napalihis sa mga landas ng Panginoon! O kayong mga kaaya-aya, paanong itinatwa ninyo si Jesus, na nakatayong bukas ang mga bisig upang kayo ay tanggapin!
- 18 Masdan, kung hindi ninyo ginawa ito, hindi sana kayo nangabagsak. Ngunit masdan, kayo ay nangabagsak, at aking ipinagdadalamhati ang inyong pagkawala.
- 19 O kayong mga kaaya-ayang anak na lalaki at babae; kayong mga ama at ina, kayong mga asawang lalaki at babae, kayong mga kaaya-aya, paanong kayo ay nangabagsak!
- 20 Ngunit masdan, kayo ay wala na, at hindi kayo maibabalik ng aking mga kalungkutan.
- 21 At ang araw ay malapit nang dumating na ang inyong pagiging may kamatayan ay kinakailangang magbihis ng kawalang-kamatayan, at ang mga katawang ito na naaagnas na sa kabulukan ay kinakailangang maging mga walang kabulukang katawan; at pagkatapos kayo ay tatayo sa hukumang-luklukan ni Cristo, upang hatulan alinsunod sa inyong mga gawa; at kung sakaling kayo ay mabubuti, sa gayon kayo ay pagpapalain kasama ng inyong mga ama na nangauna na sa inyo.
- 22 O kung kayo lamang ay nagsipagsisi bago ang malaking pagkalipol na ito ay sumapit sa inyo. Ngunit masdan, kayo ay wala na, at ang Ama, oo, ang Amang Walang Hanggan ng langit, ay nalalaman ang inyong kalagayan; at gagawin niya sa inyo alinsunod sa kanyang katarungan at awa.

And my soul was rent with anguish, because of the slain of my people, and I cried:

O ye fair ones, how could ye have departed from the ways of the Lord! O ye fair ones, how could ye have rejected that Jesus, who stood with open arms to receive you!

Behold, if ye had not done this, ye would not have fallen. But behold, ye are fallen, and I mourn your loss.

O ye fair sons and daughters, ye fathers and mothers, ye husbands and wives, ye fair ones, how is it that ye could have fallen!

But behold, ye are gone, and my sorrows cannot bring your return.

And the day soon cometh that your mortal must put on immortality, and these bodies which are now moldering in corruption must soon become incorruptible bodies; and then ye must stand before the judgment-seat of Christ, to be judged according to your works; and if it so be that ye are righteous, then are ye blessed with your fathers who have gone before you.

O that ye had repented before this great destruction had come upon you. But behold, ye are gone, and the Father, yea, the Eternal Father of heaven, knoweth your state; and he doeth with you according to his justice and mercy.

## Mormon 7

- 1 At ngayon, masdan, ako ay magsasalita kahit paano sa mga labi ng mga taong ito na naligtas, kung sakaling ipahihintulot ng Diyos na ibigay sa kanila ang aking mga salita, upang malaman nila ang tungkol sa mga bagay ng kanilang mga ama; oo, ako ay nangungusap sa inyo, kayong mga labi ng sambahayan ni Israel; at ito ang mga salitang aking sasabihin:
- 2 Alamin ninyo na kayo ay mula sa sambahayan ni Israel.
- 3 Alamin ninyo na kinakailangan kayong magsisi, o hindi kayo maliligtas.
- 4 Alamin ninyo na kinakailangan ninyong isuko ang inyong mga sandata ng digmaan, at huwag nang malugod pa sa pagpapadanak ng dugo, at huwag na ninyong muling kunin ang mga ito, maliban kung ipag-uutos ng Diyos sa inyo.
- 5 Alamin ninyo na kinakailangan kayong magkaroon ng kaalaman tungkol sa inyong mga ama, at magsisi ng lahat ng inyong mga kasalanan at kasamaan, at maniwala kay Jesucristo, na siya ang Anak ng Diyos, at na siya ay pinatay ng mga Judio, at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Ama, siya ay bumangong muli kung saan ay natamo niya ang tagumpay laban sa libingan; at sa kanya rin ang tibo ng kamatayan ay nalulon.
- 6 At kanyang pinapangyari ang pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, kung saan ang mga tao ay kinakailangang magbangon upang tumayo sa harapan ng kanyang hukumang-luklukan.
- 7 At kanyang pinapangyari ang katubusan ng sanlibutan, kung saan siya na matatagpuang walang kasalanan sa harapan niya sa araw ng paghuhukom ay maibigay sa kanya na makapanahanan sa kinaroroonan ng Diyos sa kanyang kaharian, upang umawit nang walang humpay na papuri kasama ng mga koro sa kaitaasan, sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo, na isang Diyos, sa maligayang kalagayan na walang katapusan.

## Mormon 7

And now, behold, I would speak somewhat unto the remnant of this people who are spared, if it so be that God may give unto them my words, that they may know of the things of their fathers; yea, I speak unto you, ye remnant of the house of Israel; and these are the words which I speak:

Know ye that ye are of the house of Israel.

Know ye that ye must come unto repentance, or ye cannot be saved.

Know ye that ye must lay down your weapons of war, and delight no more in the shedding of blood, and take them not again, save it be that God shall command you.

Know ye that ye must come to the knowledge of your fathers, and repent of all your sins and iniquities, and believe in Jesus Christ, that he is the Son of God, and that he was slain by the Jews, and by the power of the Father he hath risen again, whereby he hath gained the victory over the grave; and also in him is the sting of death swallowed up.

And he bringeth to pass the resurrection of the dead, whereby man must be raised to stand before his judgment-seat.

And he hath brought to pass the redemption of the world, whereby he that is found guiltless before him at the judgment day hath it given unto him to dwell in the presence of God in his kingdom, to sing ceaseless praises with the choirs above, unto the Father, and unto the Son, and unto the Holy Ghost, which are one God, in a state of happiness which hath no end.

- 8 Kaya nga, magsisi, at magpabinyag sa pangalan ni Jesus, at panghawakan ang ebanghelyo ni Cristo, na ipaaalam sa inyo, hindi lamang sa talaang ito kundi gayon din sa mga talaang darating sa mga Gentil mula sa mga Judio, na mga talaang manggagaling sa mga Gentil patungo sa inyo.
- 9 Sapagkat masdan, ito ay isinulat sa layuning kayo ay maniwala roon; at kung kayo ay maniniwala roon ay paniniwalaan din ninyo ito; at kung paniwalaan ninyo ito, malalaman ninyo ang hinggil sa inyong mga ama, at gayon din ang mga kagila-gilalas na gawaing ginawa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos sa kanila.
- 10 At malalaman din ninyo na kayo ay mga labi ng mga binhi ni Jacob; anupa't kayo ay nabibilang sa mga tao ng unang tipan; at kung sakaling kayo ay maniniwala kay Cristo, at magpabinyag, una ay sa tubig, at pagkatapos ay sa apoy at sa Espiritu Santo, na sinusunod ang halimbawa ng ating Tagapagligtas, alinsunod sa kanyang iniutos sa atin, iyon ay higit na mabuti para sa inyo sa araw ng paghuhukom. Amen.

Therefore repent, and be baptized in the name of Jesus, and lay hold upon the gospel of Christ, which shall be set before you, not only in this record but also in the record which shall come unto the Gentiles from the Jews, which record shall come from the Gentiles unto you.

For behold, this is written for the intent that ye may believe that; and if ye believe that ye will believe this also; and if ye believe this ye will know concerning your fathers, and also the marvelous works which were wrought by the power of God among them.

And ye will also know that ye are a remnant of the seed of Jacob; therefore ye are numbered among the people of the first covenant; and if it so be that ye believe in Christ, and are baptized, first with water, then with fire and with the Holy Ghost, following the example of our Savior, according to that which he hath commanded us, it shall be well with you in the day of judgment. Amen.

## Mormon 8

- 1 Masdan ako, si Moroni, ay tatapusin ang talaan ng aking ama, si Mormon. Masdan, mayroon akong ilang bagay na isusulat, mga bagay na iniutos sa akin ng aking ama.
- 2 At ngayon ito ay nangyari na, na matapos ang malaki at katakut-takot na digmaan sa Cumorah, masdan, ang mga Nephita na tumakas sa bayang patimog ay tinugis ng mga Lamanita, hanggang sa silang lahat ay malipol.
- 3 At ang aking ama ay napatay rin nila, at ako lamang ang nalabing mag-isa upang isulat ang malungkot na kasaysayan ng pagkalipol ng aking mga tao. Ngunit masdan, sila ay wala na, at tinutupad ko ang kautusan ng aking ama. At kung ako ay mapapatay nila, hindi ko alam.
- 4 Kaya nga, ako ay magsusulat at itatago ang mga talaan sa lupa; at kung saan ako paroroon ay hindi na mahalaga.
- 5 Masdan, ginawa ng aking ama ang talaang ito, at kanyang isinulat ang layunin niyon. At masdan, isusulat ko rin ito kung mayroon pang puwang sa mga lamina, ngunit wala na; at inang mina ako ay wala sapagkat ako ay nag-iisa. Ang aking ama ay napatay sa digmaan, at lahat ng aking kamag-anak, at wala akong kaibigan ni patutunguhan, at kung gaano katagal ako pahihintulutang mabuhay ng Panginoon ay hindi ko alam.
- 6 Masdan, apat na raang taon na ang lumipas mula noong pumarito ang ating Panginoon at Tagapagligtas.
- 7 At masdan, tinugis ng mga Lamanita ang aking mga tao, ang mga Nephita, nang lunsod sa lunsod at lugar sa lugar, maging hanggang sa sila ay mawala na; at malakas ang kanilang naging pagbagsak; oo, malaki at kagila-gilalas ang pagkalipol ng aking mga tao, ang mga Nephita.
- 8 At masdan, ang kamay ng Panginoon ang gumawa nito. At masdan din, ang mga Lamanita ay nakikipagdigmaan sa isa't isa; at ang ibabaw ng buong lupaing ito ay isang patuloy na pag-inog ng pagpatay at pagdanak ng dugo; at walang isa man ang nakaaalam sa pagwawakas ng digmaan.

## Mormon 8

Behold I, Moroni, do finish the record of my father, Mormon. Behold, I have but few things to write, which things I have been commanded by my father.

And now it came to pass that after the great and tremendous battle at Cumorah, behold, the Nephites who had escaped into the country southward were hunted by the Lamanites, until they were all destroyed.

And my father also was killed by them, and I even remain alone to write the sad tale of the destruction of my people. But behold, they are gone, and I fulfil the commandment of my father. And whether they will slay me, I know not.

Therefore I will write and hide up the records in the earth; and whither I go it mattereth not.

Behold, my father hath made this record, and he hath written the intent thereof. And behold, I would write it also if I had room upon the plates, but I have not; and ore I have none, for I am alone. My father hath been slain in battle, and all my kinsfolk, and I have not friends nor whither to go; and how long the Lord will suffer that I may live I know not.

Behold, four hundred years have passed away since the coming of our Lord and Savior.

And behold, the Lamanites have hunted my people, the Nephites, down from city to city and from place to place, even until they are no more; and great has been their fall; yea, great and marvelous is the destruction of my people, the Nephites.

And behold, it is the hand of the Lord which hath done it. And behold also, the Lamanites are at war one with another; and the whole face of this land is one continual round of murder and bloodshed; and no one knoweth the end of the war.

- 9 At ngayon, masdan, wala na akong sasabihin pa hinggil sa kanila, sapagkat wala na maliban sa mga Lamanita at tulisan ang nabubuhay sa ibabaw ng lupain.
- 10 At walang sinumang nakakikilala sa tunay na Diyos maliban sa mga disipulo ni Jesus, na nagpaiwan sa lupain hanggang sa ang kasamaan ng mga tao ay naging napakalubha kung kaya't ang Panginoon ay hindi sila pinahintutulang manatili kasama ng mga tao; at kung sila man ay nasa ibabaw ng lupain ay walang taong nakaaalam.
- 11 Ngunit masdan, ang aking ama at ako ay nakita sila, at sila ay naglingkod sa amin.
- 12 At sinumang makatatanggap ng talaang ito at hindi ito hahatulan dahil sa mga kahinaang mayroon ito, siya ay makaaalam ng higit na mga dakilang bagay kaysa rito. Masdan, ako si Moroni; at kung maaari, ipaaalam ko ang lahat ng bagay sa inyo.
- 13 Masdan, ako ay nagtatapos sa aking pagsasalita hinggil sa mga taong ito. Ako ay anak ni Mormon, at ang aking ama ay inapo ni Nephi.
- 14 At ako rin ang siyang nagtago ng talaang ito ayon sa Panginoon; ang mga laminang yaon ay walang halaga, dahil sa kautusan ng Panginoon. Sapagkat tunay na kanyang sinabi na walang sinumang makakukuha nito upang makinabang; ngunit ang nakatala roon ay malaki ang kahalagahan; at sinuman ang magdadala nito sa liwanag, siya ay pagpapalain ng Panginoon.
- 15 Sapagkat walang sinumang magkakaroon ng kapangyarihan na madala iyon sa liwanag maliban kung iyon ay ibinigay sa kanya ng Diyos; sapagkat niloloob ng Diyos na iyon ay mangyayari na ang mata ay nakatuon sa kanyang kaluwalhatian, o sa kapakanan ng mga sinauna at malaon nang naikalat na mga taong pinagtipanan ng Panginoon.
- 16 At pinagpala siya na magdadala ng bagay na ito sa liwanag, sapagkat ito ay mailalabas mula sa kadiliman tungo sa liwanag; alinsunod sa salita ng Diyos; oo, ito ay ilalabas mula sa lupa, at ito ay magniningning mula sa kadiliman, at darating sa kaalaman ng mga tao; at ito ay mangyayari sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos.

And now, behold, I say no more concerning them, for there are none save it be the Lamanites and robbers that do exist upon the face of the land.

And there are none that do know the true God save it be the disciples of Jesus, who did tarry in the land until the wickedness of the people was so great that the Lord would not suffer them to remain with the people; and whether they be upon the face of the land no man knoweth.

But behold, my father and I have seen them, and they have ministered unto us.

And whoso receiveth this record, and shall not condemn it because of the imperfections which are in it, the same shall know of greater things than these. Behold, I am Moroni; and were it possible, I would make all things known unto you.

Behold, I make an end of speaking concerning this people. I am the son of Mormon, and my father was a descendant of Nephi.

And I am the same who hideth up this record unto the Lord; the plates thereof are of no worth, because of the commandment of the Lord. For he truly saith that no one shall have them to get gain; but the record thereof is of great worth; and whoso shall bring it to light, him will the Lord bless.

For none can have power to bring it to light save it be given him of God; for God wills that it shall be done with an eye single to his glory, or the welfare of the ancient and long dispersed covenant people of the Lord.

And blessed be he that shall bring this thing to light; for it shall be brought out of darkness unto light, according to the word of God; yea, it shall be brought out of the earth, and it shall shine forth out of darkness, and come unto the knowledge of the people; and it shall be done by the power of God.

- 17 At kung mayroon mang mga pagkakamali, yaon ay mga kamalian ng tao. Ngunit masdan, wala kaming alam na kamalian; gayunman, nalalaman ng Diyos ang lahat ng bagay; kaya nga, siya na hahatol, papag-ingatin siya at baka siya ay manganib sa apoy ng impiyerno.
- 18 At siya na nagsasabi: Ipakita mo sa akin, o ikaw ay masasaktan—papag-ingatin siya at baka ang kanyang ipinag-uutos ay ipinagbabawal ng Panginoon.
- 19 Sapagkat masdan, siya na humahatol nang pabigla-bigla ay hahatulan din nang pabigla-bigla; sapagkat alinsunod sa kanyang mga gawa ang kanyang magiging kabayaran; anupa't siya na nananakit ay sasaktan ding muli ng Panginoon.
- 20 Masdan, kung ano ang sinasabi ng mga banal na kasulatan—ang tao ay hindi mananakit, ni siya ay hahatol; sapagkat sa akin ang paghatol, wika ng Panginoon, at akin din ang paghihiganti, at ako ang gaganti.
- 21 At siya na hihinga ng poot at mga sigalot laban sa gawa ng Panginoon, at laban sa mga taong pinagtipanan ng Panginoon na mula sa sambahayan ni Israel, at magsasabi: Aming sisirain ang gawa ng Panginoon, at hindi maaalaala ng Panginoon ang tipang kanyang ginawa sa sambahayan ni Israel—siya rin ay nanganganib na tagpasin at ihagis sa apoy;
- 22 Sapagkat ang mga walang hanggang layunin ng Panginoon ay magpapatuloy, hanggang sa ang lahat ng kanyang pangako ay matupad.
- 23 Saliksikin ninyo ang mga propesiya ni Isaias. Masdan, hindi ko maisusulat ang mga yaon. Oo, masdan, sinasabi ko sa inyo, na yaong mga banal na nangauna sa akin, na nag-angkin ng lupaing ito, ay magsusumamo, oo, maging mula sa alabok sila ay magsusumamo sa Panginoon; at yamang ang Panginoon ay buhay, aalalahanin niya ang tipang kanyang ginawa sa kanila.

And if there be faults they be the faults of a man. But behold, we know no fault; nevertheless God knoweth all things; therefore, he that condemneth, let him be aware lest he shall be in danger of hell fire.

And he that saith: Show unto me, or ye shall be smitten—let him beware lest he commandeth that which is forbidden of the Lord.

For behold, the same that judgeth rashly shall be judged rashly again; for according to his works shall his wages be; therefore, he that smiteth shall be smitten again, of the Lord.

Behold what the scripture says—man shall not smite, neither shall he judge; for judgment is mine, saith the Lord, and vengeance is mine also, and I will repay.

And he that shall breathe out wrath and strifes against the work of the Lord, and against the covenant people of the Lord who are the house of Israel, and shall say: We will destroy the work of the Lord, and the Lord will not remember his covenant which he hath made unto the house of Israel—the same is in danger to be hewn down and cast into the fire;

For the eternal purposes of the Lord shall roll on, until all his promises shall be fulfilled.

Search the prophecies of Isaias. Behold, I cannot write them. Yea, behold I say unto you, that those saints who have gone before me, who have possessed this land, shall cry, yea, even from the dust will they cry unto the Lord; and as the Lord liveth he will remember the covenant which he hath made with them.

- 24 At kanyang nalalaman ang kanilang mga panalangin, na ang mga iyon ay sa kapakanan ng kanilang mga kapatid. At alam niya ang kanilang pananampalataya, sapagkat sa kanyang pangalan ay natinag nila ang mga bundok, at sa kanyang pangalan ay napangyari nilang mayanig ang lupa; at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kanyang salita ay napangyari nilang gumuho ang mga bilangguan sa lupa; oo, maging ang nagniningas na hurnuhan ay hindi sila nasaktan, maging ng mababangis na hayop o ng mga makamandag na ahas, dahil sa kapangyarihan ng kanyang salita.
- 25 At masdan, ang kanilang mga panalangin ay sa kapakanan din niya na pahihintulutan ng Panginoon na magdadala pasulong ng mga bagay na ito;
- 26 At walang sino mang kinakailangang magsabi na hindi ito darating, sapagkat tunay na ang mga ito ay darating, sapagkat ang Panginoon ang nagsabi niyon; sapagkat mula sa lupa ang mga ito ay lalabas, sa pamamagitan ng kamay ng Panginoon, at walang makapipigil niyon; at ang mga ito ay darating sa araw na sasabihin na ang mga himala ay wala na; at ang mga ito ay darating maging tulad ng isang nagsasalita buhat sa mga patay.
- 27 At ito ay mangyayari sa araw na ang dugo ng mga banal ay magsusumamo sa Panginoon, dahil sa lihim na pagsasabwatan at mga gawain ng kadiliman.
- 28 Oo, ito ay mangyayari sa araw kung kailan ang kapangyarihan ng Diyos ay itatatwa, at ang mga simbahan ay magiging marumi at maaangat sa kapalaluan ng kanilang mga puso; oo, maging sa isang araw na ang mga namumuno sa mga simbahan at guro ay lalantad nang may pagpapalalo sa kanilang mga puso, maging sa pagkainggit sa kanila na kabilang sa kanilang mga simbahan.
- 29 Oo, ito ay mangyayari sa araw kung kailan ay makaririnig ng mga sunog, at unos, at ulap ng usok sa mga ibang lupain;
- 30 At makaririnig din ng mga digmaan, at alingawngaw ng digmaan, at lindol sa iba't ibang dako.

And he knoweth their prayers, that they were in behalf of their brethren. And he knoweth their faith, for in his name could they remove mountains; and in his name could they cause the earth to shake; and by the power of his word did they cause prisons to tumble to the earth; yea, even the fiery furnace could not harm them, neither wild beasts nor poisonous serpents, because of the power of his word.

And behold, their prayers were also in behalf of him that the Lord should suffer to bring these things forth.

And no one need say they shall not come, for they surely shall, for the Lord hath spoken it; for out of the earth shall they come, by the hand of the Lord, and none can stay it; and it shall come in a day when it shall be said that miracles are done away; and it shall come even as if one should speak from the dead.

And it shall come in a day when the blood of saints shall cry unto the Lord, because of secret combinations and the works of darkness.

Yea, it shall come in a day when the power of God shall be denied, and churches become defiled and be lifted up in the pride of their hearts; yea, even in a day when leaders of churches and teachers shall rise in the pride of their hearts, even to the envying of them who belong to their churches.

Yea, it shall come in a day when there shall be heard of fires, and tempests, and vapors of smoke in foreign lands;

And there shall also be heard of wars, rumors of wars, and earthquakes in divers places.



31 Oo, ito ay mangyayari sa araw na magkakaroon ng malaganap na karumihan sa balat ng lupa; magkakaroon ng mga pagpaslang, at panloloob, pagsisinungaling, at panlilinlang, at pagpapatutot, at lahat ng uri ng karumal-dumal na gawain; kung kailan marami ang magsasabi, Gawin ninyo ito, o gawin ninyo iyon, at walang anuman iyon, sapagkat sasang-ayunan ng Panginoon ang gayon sa huling araw. Ngunit sa aba nila, sapagkat sila ay nasa kasukdulan ng kapaitan at nasa mga gapos ng kasamaan.

32 Oo, ito ay mangyayari sa araw na magkakaroon ng mga simbahang itatayo at magsasabi: Magsilapit kayo sa akin, at dahil sa inyong salapi ay patatawarin ang inyong mga kasalanan.

33 O, kayong masasama at balakyot at matitigas ang leeg na mga tao, bakit kayo nagtayo ng mga simbahan para sa inyong sarili upang makinabang? Bakit ninyo binago ang banal na salita ng Diyos, upang magdala kayo ng kapahamakan sa inyong mga kaluluwa? Masdan, magtiwala kayo sa mga paghahayag ng Diyos; sapagkat masdan, ang panahon ay darating sa araw na yaon kung kailan ang lahat ng bagay na ito ay kinakailangang matupad.

34 Masdan, ipinakita sa akin ng Panginoon ang mga dakila at kagila-gilalas na bagay hinggil sa yaong hindi maglalaon ay mangyayari, at sa araw na yaon kung kailan ang mga bagay na ito ay mangyayari sa inyo.

35 Masdan, ako ay nangungusap sa inyo na parang kayo ay naririto, gayon pa man kayo ay wala rito. Ngunit masdan, ipinakita kayo sa akin ni Jesucristo, at nalalaman ko ang inyong mga ginagawa.

36 At nalalaman ko na kayo ay lumalakad sa kapalaluan ng inyong mga puso; at wala maliban sa ilan lamang ang hindi iniaangat ang mga sarili sa kapalaluan ng kanilang mga puso, tungo sa pagsusuot ng napakaiinam na kasuotan, tungo sa mga pag-iinggitan, at sigalutan, at malisya, at pag-uusig, at lahat ng uri ng kasamaan; at ang inyong mga simbahan, oo, maging bawat isa, ay naging marurumi dahil sa kapalaluan ng inyong mga puso.

Yea, it shall come in a day when there shall be great pollutions upon the face of the earth; there shall be murders, and robbing, and lying, and deceivings, and whoredoms, and all manner of abominations; when there shall be many who will say, Do this, or do that, and it mattereth not, for the Lord will uphold such at the last day. But wo unto such, for they are in the gall of bitterness and in the bonds of iniquity.

Yea, it shall come in a day when there shall be churches built up that shall say: Come unto me, and for your money you shall be forgiven of your sins.

O ye wicked and perverse and stiffnecked people, why have ye built up churches unto yourselves to get gain? Why have ye transfigured the holy word of God, that ye might bring damnation upon your souls? Behold, look ye unto the revelations of God; for behold, the time cometh at that day when all these things must be fulfilled.

Behold, the Lord hath shown unto me great and marvelous things concerning that which must shortly come, at that day when these things shall come forth among you.

Behold, I speak unto you as if ye were present, and yet ye are not. But behold, Jesus Christ hath shown you unto me, and I know your doing.

And I know that ye do walk in the pride of your hearts; and there are none save a few only who do not lift themselves up in the pride of their hearts, unto the wearing of very fine apparel, unto envying, and strifes, and malice, and persecutions, and all manner of iniquities; and your churches, yea, even every one, have become polluted because of the pride of your hearts.

37 Sapagkat masdan, iniibig ninyo ang salapi, at inyong kabuhayan, ang inyong maiinam na kasuotan, at ang pagpapalamuti sa inyong mga simbahan, nang higit sa inyong pagmamahal sa mga maralita at nangangailangan, sa maykaramdaman at sa naghihirap.

38 O, kayong marurumi, kayong mga mapagkunwari, kayong mga guro, na ipinagbibili ang inyong sarili sa mga yaong mangangalawang, bakit ninyo dinumihan ang banal na simbahan ng Diyos? Bakit kayo nahihiyang taglayin sa inyong sarili ang pangalan ni Cristo? Bakit hindi ninyo iniisip na higit na mahalaga ang walang hanggang kaligayahan kaysa roon sa kalungkutan na hindi kailanman magwawakas—dahil sa papuri ng sanlibutan?

39 Bakit ninyo pinalalamutian ang inyong sarili ng yaong walang buhay, gayon man ay pinahihintulutan ang nagugutom at ang nangangailangan, at ang hubad, at ang maykaramdaman at ang naghihirap na dumaraan sa harapan ninyo nang hindi sila pinapansin?

40 Oo, bakit ninyo itinatag ang inyong mga lihim na karumal-dumal na gawain upang makinabang, at pinapangyari na ang mga balo ay magdalamhati sa harapan ng Panginoon, at gayon din ang mga ulila na magdalamhati sa harapan ng Panginoon, at gayon din ang dugo ng kanilang mga ama at kanilang mga asawang lalaki na magsumamo sa Panginoon mula sa lupa ng paghihiganti sa inyong mga ulo?

41 Masdan, ang espada ng paghihiganti ay nakaumang sa ulunan ninyo; at hindi maglalaon ang panahon ay darating na kanyang ipaghihiganti ang dugo ng mga banal sa inyo, sapagkat hindi na niya ipagwawalang-bahala pa ang kanilang mga pagsusumamo.

For behold, ye do love money, and your substance, and your fine apparel, and the adorning of your churches, more than ye love the poor and the needy, the sick and the afflicted.

O ye pollutions, ye hypocrites, ye teachers, who sell yourselves for that which will canker, why have ye polluted the holy church of God? Why are ye ashamed to take upon you the name of Christ? Why do ye not think that greater is the value of an endless happiness than that misery which never dies—because of the praise of the world?

Why do ye adorn yourselves with that which hath no life, and yet suffer the hungry, and the needy, and the naked, and the sick and the afflicted to pass by you, and notice them not?

Yea, why do ye build up your secret abominations to get gain, and cause that widows should mourn before the Lord, and also orphans to mourn before the Lord, and also the blood of their fathers and their husbands to cry unto the Lord from the ground, for vengeance upon your heads?

Behold, the sword of vengeance hangeth over you; and the time soon cometh that he avengeth the blood of the saints upon you, for he will not suffer their cries any longer.

## Mormon 9

- 1 At ngayon, ako ay nangungusap din hinggil sa mga yaong hindi naniniwala kay Cristo.
- 2 Masdan, kayo ba ay naniniwala sa araw ng inyong kaparusahan—masdan, kung kailan ang Panginoon ay paparito, oo, maging yaong dakilang araw kung kailan ang lupa ay sama-samang mababalumbon tulad ng isang nakalulon na papel, at ang mga elemento ay matutunaw sa matinding init, oo, sa dakilang araw na yaon kung kailan kayo ay dadalhin upang tumayo sa harapan ng Kordero ng Diyos—sa gayon, inyo bang sasabihin na walang Diyos?
- 3 Sa gayon, inyo bang itatatwa pa ang Cristo, o inyo bang mapagmamasdan ang Kordero ng Diyos? Inaakala ba ninyo na kayo ay makapananahanang kasama niya sa ilalim ng kabatiran ng inyong pagkakasala? Inaakala ba ninyo na kayo ay magiging maligaya na manahanan kasama yaong banal na Katauhan, kapag ang inyong mga kaluluwa ay ginigiyagis ng kabatiran ng inyong pagkakasala na pinagmalabisan ninyo ang kanyang mga batas?
- 4 Masdan, sinasabi ko sa inyo, kayo’y higit na magiging kaaba-abang manahanan kasama ang banal at makatarungang Diyos sa ilalim ng kabatiran ng inyong karumihan sa harapan niya; kaysa sa kayo ay manahanan kasama ng mga isinumpang kaluluwa sa impiyerno.
- 5 Sapagkat masdan, kapag kayo ay dadalhin upang makita ang inyong kahubaran sa harapan ng Diyos, at gayundin ang kaluwalhatian ng Diyos, at ang kabanalan ni Jesucristo, iyon ang magsisindi ng ningas ng apoy na hindi maapula sa inyo.
- 6 O, sa gayon, kayong mga walang paniniwala, bumaling kayo sa Panginoon; magsumamo nang buong taimtim sa Ama sa pangalan ni Jesus, baka sakaling kayo ay matagpuang walang bahid-dungis, dalisay, kaaya-aya, at maputi, nalinis sa pamamagitan ng dugo ng Kordero, sa dakila at huling araw na yaon.
- 7 At muli, sinasabi ko sa inyo na nagtatatwa sa mga paghahayag ng Diyos, at sinasabi na ang mga yaon ay natapos na, na wala nang mga paghahayag, ni mga propesiya, ni mga kaloob, ni pagpapagaling, ni pagsasalita ng mga wika, at pagpapaliwanag ng mga wika;

## Mormon 9

And now, I speak also concerning those who do not believe in Christ.

Behold, will ye believe in the day of your visitation—behold, when the Lord shall come, yea, even that great day when the earth shall be rolled together as a scroll, and the elements shall melt with fervent heat, yea, in that great day when ye shall be brought to stand before the Lamb of God—then will ye say that there is no God?

Then will ye longer deny the Christ, or can ye behold the Lamb of God? Do ye suppose that ye shall dwell with him under a consciousness of your guilt? Do ye suppose that ye could be happy to dwell with that holy Being, when your souls are racked with a consciousness of guilt that ye have ever abused his laws?

Behold, I say unto you that ye would be more miserable to dwell with a holy and just God, under a consciousness of your filthiness before him, than ye would to dwell with the damned souls in hell.

For behold, when ye shall be brought to see your nakedness before God, and also the glory of God, and the holiness of Jesus Christ, it will kindle a flame of unquenchable fire upon you.

O then ye unbelieving, turn ye unto the Lord; cry mightily unto the Father in the name of Jesus, that perhaps ye may be found spotless, pure, fair, and white, having been cleansed by the blood of the Lamb, at that great and last day.

And again I speak unto you who deny the revelations of God, and say that they are done away, that there are no revelations, nor prophecies, nor gifts, nor healing, nor speaking with tongues, and the interpretation of tongues;

- 8 Masdan, sinasabi ko sa inyo, siya na nagtatatwa sa mga bagay na ito ay hindi nalalaman ang ebanghelyo ni Cristo; oo, hindi niya nabasa ang mga banal na kasulatan; kung sakali man, hindi niya nauunawaan ang mga ito.
- 9 Sapagkat hindi ba't ating nababasa na ang Diyos ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, at sa kanya ay walang pag-iiba-iba ni anino ng pagbabago?
- 10 At ngayon, kung nag-aakala kayo sa inyong sarili ng isang diyos na nag-iiba, at kung kanino ay may anino ng pagbabago, kung gayon, nag-aakala kayo sa inyong sarili ng isang diyos na hindi Diyos ng mga himala.
- 11 Ngunit masdan, aking ipakikilala sa inyo ang isang Diyos ng mga himala, maging ang Diyos ni Abraham, at ang Diyos ni Isaac, at ang Diyos ni Jacob; at yaon ang siya ring Diyos na lumikha ng kalangitan at ng lupa, at lahat ng bagay na naroroon sa mga yaon.
- 12 Masdan, kanyang nilikha si Adan, at sa pamamagitan ni Adan ay dumating ang pagkahulog ng tao. At dahil sa pagkahulog ng tao, si Jesucristo ay pumarito, maging ang Ama at ang Anak; at dahil kay Jesucristo dumating ang pagtubos sa tao.
- 13 At dahil sa pagtubos sa tao, na dumating sa pamamagitan ni Jesucristo, sila ay naibalik sa harapan ng Panginoon; oo, kung saan ang lahat ng tao ay tinubos, dahil ang kamatayan ni Cristo ay nagsasakatuparan ng pagkabuhay na mag-uli, na nagsasakatuparan ng katubusan mula sa walang katapusang pagtulog, kung saang pagkakatulog ang lahat ng tao ay gigisingin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos kung kailan ang pakakak ay tutunog; at sila ay babangon, kapwa maliit at malaki, at lahat ay tatayo sa harapan ng kanyang hukuman, na mga tinubos at kinalagan mula sa walang hanggang gapos ng kamatayan, kung aling kamatayan ay isang temporal na kamatayan.
- 14 At pagkatapos ay sasapit ang paghuhukom ng Banal sa kanila; at pagkatapos ay darating ang panahon na siya na marumi ay magiging marumi pa rin; at siya na mabuti ay magiging mabuti pa rin; siya na masaya ay magiging masaya pa rin; at siya na malungkot ay magiging malungkot pa rin.

Behold I say unto you, he that denieth these things knoweth not the gospel of Christ; yea, he has not read the scriptures; if so, he does not understand them.

For do we not read that God is the same yesterday, today, and forever, and in him there is no variable-ness neither shadow of changing?

And now, if ye have imagined up unto yourselves a god who doth vary, and in whom there is shadow of changing, then have ye imagined up unto yourselves a god who is not a God of miracles.

But behold, I will show unto you a God of miracles, even the God of Abraham, and the God of Isaac, and the God of Jacob; and it is that same God who created the heavens and the earth, and all things that in them are.

Behold, he created Adam, and by Adam came the fall of man. And because of the fall of man came Jesus Christ, even the Father and the Son; and because of Jesus Christ came the redemption of man.

And because of the redemption of man, which came by Jesus Christ, they are brought back into the presence of the Lord; yea, this is wherein all men are redeemed, because the death of Christ bringeth to pass the resurrection, which bringeth to pass a redemption from an endless sleep, from which sleep all men shall be awakened by the power of God when the trump shall sound; and they shall come forth, both small and great, and all shall stand before his bar, being redeemed and loosed from this eternal band of death, which death is a temporal death.

And then cometh the judgment of the Holy One upon them; and then cometh the time that he that is filthy shall be filthy still; and he that is righteous shall be righteous still; he that is happy shall be happy still; and he that is unhappy shall be unhappy still.

- 15 At ngayon, O kayong lahat na nag-aakala sa inyong sarili ng isang diyos na hindi makagagawa ng mga himala, tatanungin ko kayo, ang lahat ba ng bagay na ito ay lumipas na, na aking sinabi? Ang katapusan ay dumating na ba? Masdan, sinasabi ko sa inyo, Hindi; at ang Diyos ay hindi tumitigil na maging Diyos ng mga himala.
- 16 Masdan, hindi ba't ang mga bagay na ginawa ng Diyos ay kagila-gilalas sa ating mga paningin? Oo, at sino ang makauunawa sa mga kagila-gilalas na gawa ng Diyos?
- 17 Sino ang makapagsasabi na hindi isang himala na sa pamamagitan ng kanyang salita ang langit at lupa ay nalikha; at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kanyang salita ang tao ay nalikha mula sa alabok ng lupa; at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kanyang salita ang mga himala ay nagawa?
- 18 At sino ang makapagsasabi na si Jesucristo ay hindi gumawa ng maraming makapangyarihang himala? At maraming makapangyarihang himala ang ginawa sa pamamagitan ng mga kamay ng mga apostol.
- 19 At kung may mga himalang ginawa noon, bakit titigil ang Diyos na maging isang Diyos ng mga himala at gayon man ay nananatili pa ring isang hindi nagbabagong Katauhan? At masdan, sinasabi ko sa inyo na hindi siya nagbabago; kung sakali man, siya ay titigil na maging Diyos; at hindi siya tumitigil na maging Diyos, at isang Diyos ng mga himala.
- 20 At ang dahilan kung bakit siya tumitigil ng paggawa ng mga himala sa mga anak ng tao ay dahil sa kanilang paghina sa kawalang-paniniwala, at lumihis sa tamang landas, at hindi nakikilala ang Diyos na siyang nararapat nilang pagkatiwalaan.
- 21 Masdan, sinasabi ko sa inyo na sinumang naniniwala kay Cristo, nang walang pag-aalinlangan, anuman ang kanyang hingin sa Ama sa pangalan ni Cristo ay ipagkakaloob sa kanya; at ang pangakong ito ay para sa lahat, maging hanggang sa mga nasa dulo ng mundo.

And now, O all ye that have imagined up unto yourselves a god who can do no miracles, I would ask of you, have all these things passed, of which I have spoken? Has the end come yet? Behold I say unto you, Nay; and God has not ceased to be a God of miracles.

Behold, are not the things that God hath wrought marvelous in our eyes? Yea, and who can comprehend the marvelous works of God?

Who shall say that it was not a miracle that by his word the heaven and the earth should be; and by the power of his word man was created of the dust of the earth; and by the power of his word have miracles been wrought?

And who shall say that Jesus Christ did not do many mighty miracles? And there were many mighty miracles wrought by the hands of the apostles.

And if there were miracles wrought then, why has God ceased to be a God of miracles and yet be an unchangeable Being? And behold, I say unto you he changeth not; if so he would cease to be God; and he ceaseth not to be God, and is a God of miracles.

And the reason why he ceaseth to do miracles among the children of men is because that they dwindle in unbelief, and depart from the right way, and know not the God in whom they should trust.

Behold, I say unto you that whoso believeth in Christ, doubting nothing, whatsoever he shall ask the Father in the name of Christ it shall be granted him; and this promise is unto all, even unto the ends of the earth.

- 22 Sapagkat masdan, ganito ang winika ni Jesucristo, na Anak ng Diyos, sa kanyang mga disipulong maiiwan, oo, gayon din sa lahat ng kanyang disipulo, sa pandinig ng maraming tao: Humayo kayo sa buong daigdig, at ipangaral ang ebanghelyo sa bawat nilikha;
- 23 At siya na naniniwala at nabinyagan ay maliligtas, ngunit siya na hindi naniniwala ay parurusahan.
- 24 At ang mga palatandaang ito ay susunod sa kanila na mga naniniwala—sa aking pangalan ay magpapalayas sila ng mga diyablo; magsasalita sila ng mga bagong wika; magsisihawak sila ng mga ahas; at kung sila ay iinom ng kahit anong nakamamatay na bagay iyon ay hindi makasasakit sa kanila; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa maykaramdaman at sila ay magsisigaling;
- 25 At sinuman ang maniniwala sa aking pangalan, nang walang pag-aalinlangan, patutunayan ko sa kanya ang lahat ng aking salita, maging hanggang sa mga nasa dulo ng mundo.
- 26 At ngayon, masdan, sino ang makatatagal laban sa mga gawain ng Panginoon? Sino ang magtatatwa sa kanyang mga salita? Sino ang mag-aalsa laban sa pinakamakapangyarihang lakas ng Panginoon? Sino ang hahamak sa mga gawain ng Panginoon? Sino ang hahamak sa mga anak ni Cristo? Masdan, lahat kayong humahamak sa mga gawain ng Panginoon, sapagkat kayo ay mamamangha at masasawi.
- 27 O, samakatwid, huwag manghamak, at huwag mamangha, kundi makinig sa mga salita ng Panginoon, at humingi sa Ama sa pangalan ni Jesus ng anumang bagay na inyong kailangan. Huwag mag-alinlangan, kundi maging mapagpaniwala, at magsimula katulad noong unang panahon, at lumapit sa Panginoon nang buo puso ninyo, at isakatuparan ang inyong sariling kaligtasan nang may takot at pangingin sa harapan niya.
- 28 Maging matalino sa mga araw ng inyong pagsubok; hubaran ang inyong sarili ng lahat ng karumihan; huwag humingi upang ubusin lamang sa inyong pagnanasa, kundi humingi nang may katatagang di matitinag, upang hindi kayo sumuko sa tukso, kundi kayo ay maglingkod sa tunay at buhay na Diyos.

For behold, thus said Jesus Christ, the Son of God, unto his disciples who should tarry, yea, and also to all his disciples, in the hearing of the multitude: Go ye into all the world, and preach the gospel to every creature;

And he that believeth and is baptized shall be saved, but he that believeth not shall be damned;

And these signs shall follow them that believe—in my name shall they cast out devils; they shall speak with new tongues; they shall take up serpents; and if they drink any deadly thing it shall not hurt them; they shall lay hands on the sick and they shall recover;

And whosoever shall believe in my name, doubting nothing, unto him will I confirm all my words, even unto the ends of the earth.

And now, behold, who can stand against the works of the Lord? Who can deny his sayings? Who will rise up against the almighty power of the Lord? Who will despise the works of the Lord? Who will despise the children of Christ? Behold, all ye who are despisers of the works of the Lord, for ye shall wonder and perish.

O then despise not, and wonder not, but hearken unto the words of the Lord, and ask the Father in the name of Jesus for what things soever ye shall stand in need. Doubt not, but be believing, and begin as in times of old, and come unto the Lord with all your heart, and work out your own salvation with fear and trembling before him.

Be wise in the days of your probation; strip yourselves of all uncleanness; ask not, that ye may consume it on your lusts, but ask with a firmness unshaken, that ye will yield to no temptation, but that ye will serve the true and living God.

- 29 Tiyaking kayo ay hindi nabinyagan nang hindi karapat-dapat; tiyaking kayo ay hindi makikibahagi sa sakramento ni Cristo nang hindi karapat-dapat; kundi tiyaking inyong ginagawa ang lahat ng bagay nang karapat-dapat; at gawin ito sa pangalan ni Jesucristo, na Anak ng Diyos na buhay; at kung gagawin ninyo ito, at magtitiis hanggang wakas, walang dahilan upang kayo ay itakwil.
- 30 Masdan, nangungusap ako sa inyo na parang ako ay nangungusap mula sa patay; sapagkat alam kong mapapasainyo ang aking mga salita.
- 31 Huwag ninyo akong hatulan dahil sa aking kahinaan, ni ang aking ama, dahil sa kanyang kahinaan, ni sila na naunang sumulat sa kanya; kundi magbigay-pasalamat sa Diyos na kanyang ipinaalam sa inyo ang aming mga kahinaan nang inyong matutuhan na maging higit na matatalino kaysa sa amin noon.
- 32 At ngayon, masdan, isinulat namin ang talaang ito alinsunod sa aming kaalaman, sa mga titik na aming tinatawag na binagong wikang Egipto, na ipinasa at aming binago, alinsunod sa paraan ng aming pagsasalita.
- 33 At kung ang aming mga lamina ay naging sapat ang laki ay isinulat sana namin ito sa Hebreo; ngunit binago rin namin ang Hebreo; at kung kami ay sumulat sa Hebreo, masdan, kayo ay hindi makakikita ng kahinaan sa aming talaan.
- 34 Ngunit nalalaman ng Panginoon ang mga bagay na aming naisulat; at gayundin, walang ibang mga taong nakaaalam ng aming wika; at sapagkat walang ibang taong nakaaalam ng aming wika, kaya nga, siya ay naghanda ng mga paraan sa pagpapaliwanag ng mga yaon.
- 35 At ang mga bagay na ito ay nasulat upang ang aming mga kasuotan ay maalisan ng dugo ng aming mga kapatid, na nanghina sa kawalang-paniniwala.
- 36 At masdan, ang mga bagay na ito na aming ninais hinggil sa aming mga kapatid, oo, maging ang kanilang pagbabalik sa kaalaman kay Cristo, ay alinsunod sa mga panalangin ng lahat ng banal na nanahanan sa lupain.

See that ye are not baptized unworthily; see that ye partake not of the sacrament of Christ unworthily; but see that ye do all things in worthiness, and do it in the name of Jesus Christ, the Son of the living God; and if ye do this, and endure to the end, ye will in nowise be cast out.

Behold, I speak unto you as though I spake from the dead; for I know that ye shall have my words.

Condemn me not because of mine imperfection, neither my father, because of his imperfection, neither them who have written before him; but rather give thanks unto God that he hath made manifest unto you our imperfections, that ye may learn to be more wise than we have been.

And now, behold, we have written this record according to our knowledge, in the characters which are called among us the reformed Egyptian, being handed down and altered by us, according to our manner of speech.

And if our plates had been sufficiently large we should have written in Hebrew; but the Hebrew hath been altered by us also; and if we could have written in Hebrew, behold, ye would have had no imperfection in our record.

But the Lord knoweth the things which we have written, and also that none other people knoweth our language; and because that none other people knoweth our language, therefore he hath prepared means for the interpretation thereof.

And these things are written that we may rid our garments of the blood of our brethren, who have dwindled in unbelief.

And behold, these things which we have desired concerning our brethren, yea, even their restoration to the knowledge of Christ, are according to the prayers of all the saints who have dwelt in the land.

37 At nawa ay ipagkaloob ng Panginoong Jesucristo na tugunin ang kanilang mga panalangin alinsunod sa kanilang pananampalataya; at nawa ay maalaala ng Diyos Ama ang tipang kanyang ginawa sa sambahayan ni Israel; at nawa ay kanyang pagpalain sila magpakailanman, sa pamamagitan ng pananampalataya sa pangalan ni Jesucristo. Amen.

And may the Lord Jesus Christ grant that their prayers may be answered according to their faith; and may God the Father remember the covenant which he hath made with the house of Israel; and may he bless them forever, through faith on the name of Jesus Christ. Amen.



# Ang Aklat ni Eter

*Ang talaan ng mga Jaredita, na binango mula sa dalawampu't apat na laminang natagpuan ng mga tao ni Limbi noong mga araw ni haring Mosias.*

## Ether 1

- 1 At ngayon ako, si Moroni, ay magpapatuloy na magbigay ng ulat ng mga yaong sinaunang nanirahan na nilipol ng kamay ng Panginoon sa ibabaw nitong hilagang bayan.
- 2 At hinango ko ang aking ulat mula sa dalawampu't apat na laminang natagpuan ng mga tao ni Limhi, na tinatawag na Aklat ni Eter.
- 3 At tulad ng inaakala ko na ang unang bahagi ng talaang ito, na nangungusap hinggil sa paglikha ng daigdig, at gayon din kay Adan, at isang ulat mula sa panahong yaon hanggang sa malaking tore, at anumang bagay na naganap sa mga anak ng tao hanggang sa panahong yaon, ay nasa mga Judio—
- 4 Kaya nga hindi ko isusulat ang mga bagay na yaon na naganap mula noong mga araw ni Adan hanggang sa panahong yaon; sapagkat ang mga ito ay nasa mga lamina; at kung sinuman ang makakikita sa mga yaon, siya rin ang magkakaroon ng kapangyarihang makuha niya ang buong ulat.
- 5 Subalit masdan, hindi ko ibibigay ang buong ulat, kundi isang bahagi ng ulat ang ibibigay ko, mula sa tore pababa hanggang sa sila ay malipol.
- 6 At sa ganitong paraan ko ibibigay ang ulat. Siya na sumulat ng talaang ito ay si Eter, at inapo siya ni Coriantor.
- 7 Si Coriantor ay anak ni Moron.
- 8 At si Moron ay anak ni Etem.
- 9 At si Etem ay anak ni Ahas.
- 10 At si Ahas ay anak ni Set.
- 11 At si Set ay anak ni Siblon.
- 12 At si Siblon ay anak ni Com.
- 13 At si Com ay anak ni Coriantum.
- 14 At si Coriantum ay anak ni Amnigadas.
- 15 At si Amnigadas ay anak ni Aaron.
- 16 At si Aaron ay inapo ni Het, na anak ni Hertum.

# The Book of Ether

*The record of the Jaredites, taken from the twenty-four plates found by the people of Limbi in the days of King Mosiah.*

## Ether 1

And now I, Moroni, proceed to give an account of those ancient inhabitants who were destroyed by the hand of the Lord upon the face of this north country.

And I take mine account from the twenty and four plates which were found by the people of Limhi, which is called the Book of Ether.

And as I suppose that the first part of this record, which speaks concerning the creation of the world, and also of Adam, and an account from that time even to the great tower, and whatsoever things transpired among the children of men until that time, is had among the Jews—

Therefore I do not write those things which transpired from the days of Adam until that time; but they are had upon the plates; and whoso findeth them, the same will have power that he may get the full account.

But behold, I give not the full account, but a part of the account I give, from the tower down until they were destroyed.

And on this wise do I give the account. He that wrote this record was Ether, and he was a descendant of Coriantor.

Coriantor was the son of Moron.

And Moron was the son of Ethem.

And Ethem was the son of Ahah.

And Ahah was the son of Seth.

And Seth was the son of Shiblón.

And Shiblón was the son of Com.

And Com was the son of Coriantum.

And Coriantum was the son of Amnigaddah.

And Amnigaddah was the son of Aaron.

And Aaron was a descendant of Heth, who was the son of Hearthom.

17 At si Hertum ay anak ni Lib.  
18 At si Lib ay anak ni Kis.  
19 At si Kis ay anak ni Corom.  
20 At si Corom ay anak ni Levi.  
21 At si Levi ay anak ni Kim.  
22 At si Kim ay anak ni Morianton.  
23 At si Morianton ay inapo ni Riplakis.  
24 At si Riplakis ay anak ni Shez.  
25 At si Shez ay anak ni Het.  
26 At si Het ay anak ni Com.  
27 At si Com ay anak ni Coriantum.  
28 At si Coriantum ay anak ni Emer.  
29 At si Emer ay anak ni Omer.  
30 At si Omer ay anak ni Shul.  
31 At si Shul ay anak ni Kib.  
32 At si Kib ay anak ni Orihas, na anak ni Jared;

33 Na kung sinong Jared ay lumisan kasama ang kanyang kapatid at kanilang mga mag-anak, kasama ang ilan pang iba at kanilang mag-anak, mula sa malaking tore, sa panahong nilito ng Panginoon ang wika ng mga tao, at nanumpa sa kanyang kapootan na sila ay ikakalat sa balat ng lupa; at alinsunod sa salita ng Panginoon ang mga tao ay nakalat.

34 At ang kapatid ni Jared na malaki at malakas na lalaki, at isang lalaking labis na pinagpala ng Panginoon, si Jared, na kanyang kapatid, ay nagsabi sa kanya: Magsumamo ka sa Panginoon, na huwag niya tayong lituhin nang hindi natin maunawaan ang ating mga salita.

35 At ito ay nangyari na, na ang kapatid ni Jared ay nagsumamo sa Panginoon, at ang Panginoon ay nahabag kay Jared; kaya nga hindi niya nilito ang wika ni Jared; at si Jared at ang kanyang kapatid ay hindi nalito.

36 Pagkatapos sinabi ni Jared sa kanyang kapatid: Muli kang magsumamo sa Panginoon, at kung maaari ay alisin niya ang kanyang galit mula sa kanila na mga kaibigan natin, upang huwag niyang lituhin ang kanilang wika.

37 At ito ay nangyari na, na ang kapatid ni Jared ay nagsumamo sa Panginoon, at ang Panginoon ay nahabag sa kanilang mga kaibigan at gayon din sa kanilang mga mag-anak, kung kaya't hindi sila nalito.

And Hearthom was the son of Lib.  
And Lib was the son of Kish.  
And Kish was the son of Corom.  
And Corom was the son of Levi.  
And Levi was the son of Kim.  
And Kim was the son of Morianton.  
And Morianton was a descendant of Riplakish.  
And Riplakish was the son of Shez.  
And Shez was the son of Heth.  
And Heth was the son of Com.  
And Com was the son of Coriantum.  
And Coriantum was the son of Emer.  
And Emer was the son of Omer.  
And Omer was the son of Shule.  
And Shule was the son of Kib.  
And Kib was the son of Orihah, who was the son of Jared;

Which Jared came forth with his brother and their families, with some others and their families, from the great tower, at the time the Lord confounded the language of the people, and swore in his wrath that they should be scattered upon all the face of the earth; and according to the word of the Lord the people were scattered.

And the brother of Jared being a large and mighty man, and a man highly favored of the Lord, Jared, his brother, said unto him: Cry unto the Lord, that he will not confound us that we may not understand our words.

And it came to pass that the brother of Jared did cry unto the Lord, and the Lord had compassion upon Jared; therefore he did not confound the language of Jared; and Jared and his brother were not confounded.

Then Jared said unto his brother: Cry again unto the Lord, and it may be that he will turn away his anger from them who are our friends, that he confound not their language.

And it came to pass that the brother of Jared did cry unto the Lord, and the Lord had compassion upon their friends and their families also, that they were not confounded.

38 At ito ay nangyari na, na si Jared ay muling nangusap sa kanyang kapatid, sinasabing: Humayo at magtanong sa Panginoon kung paaalisin niya tayo sa lupain, at kung paaalisin niya tayo sa lupain, magsumamo ka sa kanya kung saan tayo patutungo. At sino ang nakaaalam na hindi tayo dadalhin ng Panginoon sa isang piling lupain sa buong mundo? At kung magkagayon, tayo ay maging tapat sa Panginoon, upang matanggap natin ito bilang mana natin.

39 At ito ay nangyari na, na ang kapatid ni Jared ay nagsumamo sa Panginoon alinsunod sa yaong binigkas ng bibig ni Jared.

40 At ito ay nangyari na, na dininig ng Panginoon ang kapatid ni Jared, at nahabag sa kanya, at sinabi sa kanya:

41 Humayo at sama-samang tipunin ang inyong mga kawan, kapwa lalaki't babae, ng bawat uri; at ang mga binhi rin ng lupa ng bawat uri; at ang inyong mga mag-anak; at si Jared din na iyong kapatid at ang kanyang mag-anak; at gayon din ang inyong mga kaibigan at ang kanilang mga mag-anak, at ang mga kaibigan ni Jared at ang kanilang mga mag-anak.

42 At kapag nagawa mo na ito ay hahayo ka sa unahan nila pababa sa lambak na pahilaga. At doon kita katatagpuin, at ako ay hahayo sa harapan ninyo sa isang piling lupain sa lahat ng lupain sa mundo.

43 At doon pagpapalain kita at ang mga binhi mo, at magbabangon para sa aking sarili sa iyong mga binhi, at sa mga binhi ng iyong kapatid, at sila na sasama sa iyo, ng isang dakilang bansa. At hindi magkakaroon ng higit pa sa kadakilaan ng bansang aalagaan ko sa iyong mga binhi, sa balat ng lupa. At gayon ang gagawin ko sa iyo dahil sa mahabang panahong ito ay nagsumamo ka sa akin.

And it came to pass that Jared spake again unto his brother, saying: Go and inquire of the Lord whether he will drive us out of the land, and if he will drive us out of the land, cry unto him whither we shall go. And who knoweth but the Lord will carry us forth into a land which is choice above all the earth? And if it so be, let us be faithful unto the Lord, that we may receive it for our inheritance.

And it came to pass that the brother of Jared did cry unto the Lord according to that which had been spoken by the mouth of Jared.

And it came to pass that the Lord did hear the brother of Jared, and had compassion upon him, and said unto him:

Go to and gather together thy flocks, both male and female, of every kind; and also of the seed of the earth of every kind; and thy families; and also Jared thy brother and his family; and also thy friends and their families, and the friends of Jared and their families.

And when thou hast done this thou shalt go at the head of them down into the valley which is northward. And there will I meet thee, and I will go before thee into a land which is choice above all the lands of the earth.

And there will I bless thee and thy seed, and raise up unto me of thy seed, and of the seed of thy brother, and they who shall go with thee, a great nation. And there shall be none greater than the nation which I will raise up unto me of thy seed, upon all the face of the earth. And thus I will do unto thee because this long time ye have cried unto me.

## Ether 2

- 1 At ito ay nangyari na, na si Jared at ang kanyang kapatid, at ang kanilang mga mag-anak, at ang mga kaibigan din ni Jared at ng kanyang kapatid at ang kanilang mga mag-anak, ay bumaba sa lambak na pahilaga, (at ang pangalan ng lambak ay Nimrod, na tinawag alinsunod sa mahusay na mangangaso) kasama ang kanilang mga kawan na kanilang tinipong magkakasama, lalaki't babae, ng bawat uri.
- 2 At sila ay naglatag din ng mga bitag at nanghuli ng mga ibon ng himpapawid; at sila ay naghanda rin ng lalagyan, kung saan nila dinala ang isda ng mga tubig.
- 3 At sila ay nagdala rin ng deseret, na, kung isasalin, ay pukyutan; at sa gayon sila nakapagdala ng mga kuyog ng mga bubuyog, at lahat ng uri ng yaong nasa ibabaw ng lupain, mga binhi ng bawat uri.
- 4 At ito ay nangyari na, nang sila ay makababa sa lambak ng Nimrod na ang Panginoon ay bumaba at nakipag-usap sa kapatid ni Jared; at siya ay nasa ulap, at hindi siya nakita ng kapatid ni Jared.
- 5 At ito ay nangyari na, na inutusan sila ng Panginoon na sila ay magtungo sa ilang, oo, patungo sa dakong yaon na hindi pa naparoroonan ng tao. At ito ay nangyari na, na ang Panginoon ay humayo sa unahan nila, at nakipag-usap sa kanila habang siya ay nakatayo sa ulap, at nagbigay ng mga tagubilin kung saan sila maglalakbay.
- 6 At ito ay nangyari na, na sila ay naglakbay sa ilang, at gumawa ng mga gabara, kung saan sila nakatawid sa maraming tubig, patuloy na binibigyang-tagubilin ng kamay ng Panginoon.
- 7 At hindi pinahintulutan ng Panginoon na sila ay tumigil sa kabilang dako ng dagat sa ilang, kundi ninais niyang makalabas sila maging hanggang sa lupang pangako, na pinili sa lahat ng ibang lupain, na inilalaan ng Panginoong Diyos para sa mabubuting tao.

## Ether 2

And it came to pass that Jared and his brother, and their families, and also the friends of Jared and his brother and their families, went down into the valley which was northward, (and the name of the valley was Nimrod, being called after the mighty hunter) with their flocks which they had gathered together, male and female, of every kind.

And they did also lay snares and catch fowls of the air; and they did also prepare a vessel, in which they did carry with them the fish of the waters.

And they did also carry with them deseret, which, by interpretation, is a honey bee; and thus they did carry with them swarms of bees, and all manner of that which was upon the face of the land, seeds of every kind.

And it came to pass that when they had come down into the valley of Nimrod the Lord came down and talked with the brother of Jared; and he was in a cloud, and the brother of Jared saw him not.

And it came to pass that the Lord commanded them that they should go forth into the wilderness, yea, into that quarter where there never had man been. And it came to pass that the Lord did go before them, and did talk with them as he stood in a cloud, and gave directions whither they should travel.

And it came to pass that they did travel in the wilderness, and did build barges, in which they did cross many waters, being directed continually by the hand of the Lord.

And the Lord would not suffer that they should stop beyond the sea in the wilderness, but he would that they should come forth even unto the land of promise, which was choice above all other lands, which the Lord God had preserved for a righteous people.

- 8 At siya ay nanumpa sa kanyang kapootan sa kapatid ni Jared, na sinuman ang mag-aangkin sa lupang pangakong ito, mula sa panahong yaon at magpakailanman, ay dapat magsilbi sa kanya, ang tunay at tanging Diyos, o sila ay lilipulin kapag ang kaganapan ng kanyang kapootan ay sasapit sa kanila.
- 9 At ngayon, namamasdan natin ang utos ng Diyos hinggil sa lupaing ito, na ito ay lupang pangako; at anumang bansa ang mag-aangkin nito ay magsisilbi sa Diyos, o sila ay lilipulin kapag ang kaganapan ng kanyang kapootan ay sasapit sa kanila. At ang kaganapan ng kanyang kapootan ay sasapit sa kanila kapag nahinog na sila sa kasamaan.
- 10 Sapagkat masdan, ito ay lupaing pinili sa lahat ng ibang lupain; kaya nga, siya na mag-aangkin nito ay magsisilbi sa Diyos o malilipol; sapagkat ito ang walang hanggang utos ng Diyos. At tanging sa ganap na kasamaan lamang ng mga anak ng lupain, kung kaya't sila ay lilipulin.
- 11 At makarating ito sa inyo, O kayong mga Gentil, upang malaman ninyo ang mga utos ng Diyos— upang kayo ay makapagsisi, at huwag magpatuloy sa inyong mga kasamaan hanggang sa ang kaganapan ay dumating, upang hindi ninyo dalhin ang kaganapan ng kapootan ng Diyos sa inyong sarili tulad ng nagawa noon ng mga nanirahan sa lupain.
- 12 Masdan, ito ay piling lupain, at anumang bansa ang mag-aangkin nito ay magiging malaya mula sa pagkaalipin, at sa pagkabihag, at sa lahat ng ibang bansa sa silong ng langit, kung pagsisilbihan lamang nila ang Diyos ng lupain, na si Jesucristo, na siyang ipinakikilala ng mga bagay na isinulat namin.
- 13 At ngayon, ako ay magpapatuloy sa aking talaan; sapagkat masdan, ito ay nangyari na, na dinala ng Panginoon si Jared at ang kanyang mga kapatid maging hanggang sa malawak na dagat na yaon na naghahati sa mga lupain. At nang makarating na sila sa dagat ay itinayo nila ang kanilang mga tolda; at tinawag nila ang pangalan ng lugar na Moriancumer; at sila ay nanirahan sa mga tolda, at nanirahan sa mga tolda sa may dalampasigan sa loob ng apat na taon.

And he had sworn in his wrath unto the brother of Jared, that whoso should possess this land of promise, from that time henceforth and forever, should serve him, the true and only God, or they should be swept off when the fulness of his wrath should come upon them.

And now, we can behold the decrees of God concerning this land, that it is a land of promise; and whatsoever nation shall possess it shall serve God, or they shall be swept off when the fulness of his wrath shall come upon them. And the fulness of his wrath cometh upon them when they are ripened in iniquity.

For behold, this is a land which is choice above all other lands; wherefore he that doth possess it shall serve God or shall be swept off; for it is the everlasting decree of God. And it is not until the fulness of iniquity among the children of the land, that they are swept off.

And this cometh unto you, O ye Gentiles, that ye may know the decrees of God—that ye may repent, and not continue in your iniquities until the fulness come, that ye may not bring down the fulness of the wrath of God upon you as the inhabitants of the land have hitherto done.

Behold, this is a choice land, and whatsoever nation shall possess it shall be free from bondage, and from captivity, and from all other nations under heaven, if they will but serve the God of the land, who is Jesus Christ, who hath been manifested by the things which we have written.

And now I proceed with my record; for behold, it came to pass that the Lord did bring Jared and his brethren forth even to that great sea which divideth the lands. And as they came to the sea they pitched their tents; and they called the name of the place Moriancumer; and they dwelt in tents, and dwelt in tents upon the seashore for the space of four years.

14 At ito ay nangyari na, na sa pagtatapos ng apat na taon ay muling dumalaw ang Panginoon sa kapatid ni Jared, at tumayo sa ulap at nakipag-usap sa kanya. At sa loob ng tatlong oras nakipag-usap ang Panginoon sa kapatid ni Jared, at siya ay pinagsabihan dahil sa hindi niya naalaalang manawagan sa pangalan ng Panginoon.

15 At ang kapatid ni Jared ay nagsisi sa kasamaang nagawa niya, at nanawagan sa pangalan ng Panginoon para sa kanyang mga kapatid na kasama niya. At sinabi ng Panginoon sa kanya: Patatawarin kita at ang iyong mga kapatid sa kanilang mga kasalanan; subalit hindi ka na magkakasalang muli, sapagkat tandaan mo na ang aking Espiritu ay hindi laging kasama ng tao; anupa't kung magkakasala ka hanggang sa ganap ka nang mahinog ay mawawalay ka mula sa harapan ng Panginoon. At ito ang aking mga nasasaisip sa lupaing ibibigay ko sa inyo bilang inyong mana; sapagkat ito ay magiging lupaing pinili sa lahat ng ibang lupain.

16 At sinabi ng Panginoon: Humayo't gumawa at magtayo, alinsunod sa uri ng mga gabara na inyong nagawa na. At ito ay nangyari na, na ang kapatid ni Jared ay humayo't gumawa, at gayon din ang kanyang mga kapatid, at gumawa ng mga gabara alinsunod sa uri na kanilang nagawa na, alinsunod sa mga tagubilin ng Panginoon. At ang mga ito ay maliliit, at ang mga ito ay magagaan sa tubig, maging tulad ng gaan ng isang ibon sa tubig.

17 At ang mga ito ay ginawa alinsunod sa uri na labis na mahigpit, maging sa ang mga ito ay makalalaman ng tubig tulad ng isang pinggan; at ang ilalim niyon ay mahigpit tulad ng isang pinggan; at ang gilid niyon ay mahigpit tulad ng isang pinggan; at ang mga dulo niyon ay patulis; at ang ibabaw niyon ay mahigpit tulad ng isang pinggan; at ang haba niyon ay ang haba ng isang punungkahoy; at ang pintuan niyon, kapag ito ay nakasara, ay mahigpit tulad ng isang pinggan.

18 At ito ay nangyari na, na ang kapatid ni Jared ay nagsumamo sa Panginoon, sinasabing: O Panginoon, nagawa ko na ang gawaing iniutos ninyo sa akin, at nagawa ko na ang mga gabara alinsunod sa tagubilin ninyo sa akin.

And it came to pass at the end of four years that the Lord came again unto the brother of Jared, and stood in a cloud and talked with him. And for the space of three hours did the Lord talk with the brother of Jared, and chastened him because he remembered not to call upon the name of the Lord.

And the brother of Jared repented of the evil which he had done, and did call upon the name of the Lord for his brethren who were with him. And the Lord said unto him: I will forgive thee and thy brethren of their sins; but thou shalt not sin any more, for ye shall remember that my Spirit will not always strive with man; wherefore, if ye will sin until ye are fully ripe ye shall be cut off from the presence of the Lord. And these are my thoughts upon the land which I shall give you for your inheritance; for it shall be a land choice above all other lands.

And the Lord said: Go to work and build, after the manner of barges which ye have hitherto built. And it came to pass that the brother of Jared did go to work, and also his brethren, and built barges after the manner which they had built, according to the instructions of the Lord. And they were small, and they were light upon the water, even like unto the lightness of a fowl upon the water.

And they were built after a manner that they were exceedingly tight, even that they would hold water like unto a dish; and the bottom thereof was tight like unto a dish; and the sides thereof were tight like unto a dish; and the ends thereof were peaked; and the top thereof was tight like unto a dish; and the length thereof was the length of a tree; and the door thereof, when it was shut, was tight like unto a dish.

And it came to pass that the brother of Jared cried unto the Lord, saying: O Lord, I have performed the work which thou hast commanded me, and I have made the barges according as thou hast directed me.

- 19 At masdan, O Panginoon, sa loob nito ay walang liwanag; paano kami mapapatnubayan? At kami ay masasawi rin, sapagkat sa loob nito ay hindi kami makahihinga, maliban lamang sa hangin na nasa loob nito; anupa't kami ay masasawi.
- 20 At sinabi ng Panginoon sa kapatid ni Jared: Masdan, gagawa ka ng butas sa ibabaw, at gayon din sa ilalim; at kapag nangangailangan kayo ng hangin ay aalisin ninyo ang takip ng butas at makatatanggap ng hangin. At kung sakaling makapasok ang tubig sa inyo, masdan, tatakpan ninyo ang butas, upang hindi kayo mamatay sa baha.
- 21 At ito ay nangyari na, na ginawa nga ito ng kapatid ni Jared, alinsunod sa ipinag-utos ng Panginoon.
- 22 At siya ay muling nagsumamo sa Panginoon, sinasabing: O Panginoon, masdan ginawa ko maging ang iniutos ninyo sa akin; at inihanda ko ang mga sasakyang-dagat para sa aking mga tao, at masdan walang liwanag sa loob nito. Masdan, O Panginoon, pahihintulutan ba ninyong tawirin namin ang malawak na tubig na ito sa kadiliman?
- 23 At sinabi ng Panginoon sa kapatid ni Jared: Ano ang nais mong gawin ko upang magkaroon ng liwanag sa inyong mga sasakyang-dagat? Sapagkat masdan, hindi kayo maaaring maglagay ng mga bintana, sapagkat ang mga ito ay madudurog nang pira-piraso; ni hindi kayo maaaring magpaningas ng apoy, sapagkat hindi kayo hahayo sa pamamagitan ng liwanag ng apoy.
- 24 Sapagkat masdan, kayo ay matutulad sa balyena sa gitna ng dagat; sapagkat ang mga malabundok na alon ay hahampas sa inyo. Gayon pa man, muli ko kayong ilalabas mula sa kailaliman ng dagat; sapagkat ang mga hangin ay nanggagaling mula sa aking bibig, at gayon din ang mga ulan at ang mga baha ay aking ipinadala.
- 25 At masdan, inihahanda ko kayo laban sa mga bagay na ito; sapagkat hindi kayo maaaring tumawid sa malawak na kailalimang ito maliban lamang kung ihahanda ko kayo laban sa mga alon ng dagat, at sa mga hanging umiihip, at sa mga bahang darating. Kaya nga ano ang nais mong ihanda ko para sa inyo upang kayo ay magkaroon ng liwanag kapag nilulon na kayo sa mga kailaliman ng dagat?

And behold, O Lord, in them there is no light; whither shall we steer? And also we shall perish, for in them we cannot breathe, save it is the air which is in them; therefore we shall perish.

And the Lord said unto the brother of Jared: Behold, thou shalt make a hole in the top, and also in the bottom; and when thou shalt suffer for air thou shalt unstop the hole and receive air. And if it be so that the water come in upon thee, behold, ye shall stop the hole, that ye may not perish in the flood.

And it came to pass that the brother of Jared did so, according as the Lord had commanded.

And he cried again unto the Lord saying: O Lord, behold I have done even as thou hast commanded me; and I have prepared the vessels for my people, and behold there is no light in them. Behold, O Lord, wilt thou suffer that we shall cross this great water in darkness?

And the Lord said unto the brother of Jared: What will ye that I should do that ye may have light in your vessels? For behold, ye cannot have windows, for they will be dashed in pieces; neither shall ye take fire with you, for ye shall not go by the light of fire.

For behold, ye shall be as a whale in the midst of the sea; for the mountain waves shall dash upon you. Nevertheless, I will bring you up again out of the depths of the sea; for the winds have gone forth out of my mouth, and also the rains and the floods have I sent forth.

And behold, I prepare you against these things; for ye cannot cross this great deep save I prepare you against the waves of the sea, and the winds which have gone forth, and the floods which shall come. Therefore what will ye that I should prepare for you that ye may have light when ye are swallowed up in the depths of the sea?

## Ether 3

- 1 At ito ay nangyari na, na ang kapatid ni Jared, (ngayon, ang bilang ng mga sasakyang-dagat na inihanda ay walo) ay humayo sa bundok, na kanilang tinawag na bundok Selem, dahil sa labis na taas nito, at tumunaw mula sa isang malaking bato ng labing-anim na maliliit na bato; at ang mga ito ay mapuputi at malilina, maging tulad ng nanganganinag na salamin; at dinala niya ang mga ito sa kanyang mga kamay sa itaas ng bundok, at muling nagsumamo sa Panginoon, sinasabing:
- 2 O Panginoon, sinabi ninyong palilibutan kami ng mga baha. Ngayon masdan, O Panginoon, at huwag magalit sa inyong tagapaglingkod dahil sa kanyang kahinaan sa inyong harapan; sapagkat nalalaman namin na kayo ay banal at naninirahan sa kalangitan, at na kami ay di karapat-dapat sa inyong harapan; dahil sa pagkahulog ng aming katauhan ay naging patuloy na masama; gayon pa man, O Panginoon, binigyan ninyo kami ng kautusan na kinakailangan kaming manawagan sa inyo, upang mula sa inyo ay makatanggap kami alinsunod sa aming mga naisin.
- 3 Masdan, O Panginoon, pinarusahan ninyo kami dahil sa aming kasamaan, at itinaboy kami, at sa loob ng maraming taong ito kami ay nasa ilang; gayon pa man, naging maawain kayo sa amin. O Panginoon, masdan ninyo ako nang may habag, at alisin ninyo ang inyong galit mula sa mga tao ninyong ito, at huwag pahintulatang humayo sila sa nanggagalit na kailaliman sa kadiliman; kundi masdan ang mga bagay na ito na aking tinunaw mula sa malaking bato.
- 4 At nalalaman ko, O Panginoon, na taglay ninyo ang lahat ng kapangyarihan, at magagawa ang anumang naisin ninyo para sa kapakanan ng tao; kaya nga hipuin ninyo ang mga batong ito, O Panginoon, ng inyong daliri, at ihanda ang mga ito upang ang mga ito ay kuminang sa kadiliman; at ang mga ito ay magbibigay-liwanag sa amin sa mga sasakyang-dagat na inihanda namin, upang kami ay magkaroon ng liwanag habang tumatawid kami sa dagat.

## Ether 3

And it came to pass that the brother of Jared, (now the number of the vessels which had been prepared was eight) went forth unto the mount, which they called the mount Shelem, because of its exceeding height, and did molten out of a rock sixteen small stones; and they were white and clear, even as transparent glass; and he did carry them in his hands upon the top of the mount, and cried again unto the Lord, saying:

O Lord, thou hast said that we must be encompassed about by the floods. Now behold, O Lord, and do not be angry with thy servant because of his weakness before thee; for we know that thou art holy and dwellest in the heavens, and that we are unworthy before thee; because of the fall our natures have become evil continually; nevertheless, O Lord, thou hast given us a commandment that we must call upon thee, that from thee we may receive according to our desires.

Behold, O Lord, thou hast smitten us because of our iniquity, and hast driven us forth, and for these many years we have been in the wilderness; nevertheless, thou hast been merciful unto us. O Lord, look upon me in pity, and turn away thine anger from this thy people, and suffer not that they shall go forth across this raging deep in darkness; but behold these things which I have molten out of the rock.

And I know, O Lord, that thou hast all power, and can do whatsoever thou wilt for the benefit of man; therefore touch these stones, O Lord, with thy finger, and prepare them that they may shine forth in darkness; and they shall shine forth unto us in the vessels which we have prepared, that we may have light while we shall cross the sea.



- 5 Masdan, O Panginoon, magagawa ninyo ito. Nalalaman namin na kayo ay may kakayahang magpakita ng dakilang kapangyarihan, na tila maliit sa pang-unawa ng tao.
- 6 At ito ay nangyari na, nang sabihin ng kapatid ni Jared ang mga salitang ito, masdan, iniunat ng Panginoon ang kanyang kamay at hinipo ang mga bato nang isa-isa ng kanyang daliri. At ang tabing ay naalis sa mga mata ng kapatid ni Jared, at nakita niya ang daliri ng Panginoon; at ito ay tulad ng daliri ng tao, tulad ng laman at dugo; at ang kapatid ni Jared ay nagpatirapa sa harapan ng Panginoon, sapagkat labis siyang natakot.
- 7 At nakita ng Panginoon na ang kapatid ni Jared ay nagpatirapa sa lupa; at sinabi ng Panginoon sa kanya: Bumangon, bakit ka nagpatirapa?
- 8 At sinabi niya sa Panginoon: Nakita ko ang daliri ng Panginoon, at ako ay natatakot na baka parusahan niya ako; sapagkat hindi ko alam na ang Panginoon ay may laman at dugo.
- 9 At sinabi ng Panginoon sa kanya: Dahil sa iyong pananampalataya ay nakita mong magkakaroon ako ng laman at dugo; at kailanman ay hindi pa lumalapit ang tao sa akin nang may labis na pananampalataya tulad ng mayroon ka; sapagkat kung hindi dahil dito ay hindi mo sana nakita ang aking daliri. Nakakita ka ba ng higit pa rito?
- 10 At tumugon siya: Hindi; Panginoon, ipakita ninyo ang inyong sarili sa akin.
- 11 At sinabi ng Panginoon sa kanya: Maniniwala ka ba sa mga salitang sasabihin ko sa iyo?
- 12 At tumugon siya: Oo, Panginoon, nalalaman ko na nagsasabi kayo ng totoo, sapagkat kayo ay Diyos ng katotohanan, at hindi maaaring magsinungaling.
- 13 At nang sabihin niya ang mga salitang ito, masdan, ipinakita ng Panginoon ang kanyang sarili sa kanya, at sinabi: Dahil sa nalalaman mo ang mga bagay na ito ay natubos ka na sa pagkahulog; anupa't naibalik ka sa aking harapan; kaya nga ipinakikita ko ang aking sarili sa iyo.

Behold, O Lord, thou canst do this. We know that thou art able to show forth great power, which looks small unto the understanding of men.

And it came to pass that when the brother of Jared had said these words, behold, the Lord stretched forth his hand and touched the stones one by one with his finger. And the veil was taken from off the eyes of the brother of Jared, and he saw the finger of the Lord; and it was as the finger of a man, like unto flesh and blood; and the brother of Jared fell down before the Lord, for he was struck with fear.

And the Lord saw that the brother of Jared had fallen to the earth; and the Lord said unto him: Arise, why hast thou fallen?

And he saith unto the Lord: I saw the finger of the Lord, and I feared lest he should smite me; for I knew not that the Lord had flesh and blood.

And the Lord said unto him: Because of thy faith thou hast seen that I shall take upon me flesh and blood; and never has man come before me with such exceeding faith as thou hast; for were it not so ye could not have seen my finger. Sawest thou more than this?

And he answered: Nay; Lord, show thyself unto me.

And the Lord said unto him: Believest thou the words which I shall speak?

And he answered: Yea, Lord, I know that thou speakest the truth, for thou art a God of truth, and canst not lie.

And when he had said these words, behold, the Lord showed himself unto him, and said: Because thou knowest these things ye are redeemed from the fall; therefore ye are brought back into my presence; therefore I show myself unto you.

- 14 Masdan, ako ang siyang inihanda mula pa sa pagkakatatag ng daigdig upang tubusin ang aking mga tao. Masdan, ako si Jesucristo. Ako ang Ama at ang Anak. Sa akin ang buong sangkatauhan ay magkakaroon ng buhay, at yaong walang hanggan, maging sila na maniniwala sa aking pangalan; at sila ay magiging aking mga anak na lalaki't babae.
- 15 At kailanma'y hindi ko pa ipinakita ang aking sarili sa taong aking nilikha, sapagkat kailanma'y hindi pa naniwala ang tao sa akin na tulad mo. Nakikita mo bang nilikha ka alinsunod sa aking sariling wangis? Oo, maging ang lahat ng tao ay nilikha noong simula alinsunod sa aking sariling wangis.
- 16 Masdan, ang katawang ito, na iyong namamasdan ngayon, ang katawan ng aking espiritu; at ang tao ay nilikha ko alinsunod sa katawan ng aking espiritu; at maging tulad ng pagpapakita ko sa iyo sa espiritu ay magpapakita rin ako sa aking mga tao sa laman.
- 17 At ngayon, ako, si Moroni, tulad ng aking sinabi, ay hindi makagagawa ng buong ulat ng mga bagay na ito na nasusulat, anupa't sapat na sa akin ang sabihing ipinakita ni Jesus ang kanyang sarili sa taong ito sa espiritu, maging alinsunod sa uri at sa pagkakatulad ng yaon ding katawan nang ipakita niya ang kanyang sarili sa mga Nephita.
- 18 At siya ay naglingkod sa kanya maging tulad ng paglilingkod niya sa mga Nephita; at lahat ng ito, upang malaman ng taong ito na siya ang Diyos, dahil sa maraming dakilang gawaing ipinakita ng Panginoon sa kanya.
- 19 At dahil sa kaalaman ng taong ito ay hindi siya maaaring pagbawalang makakita sa loob ng tabing; at nakita niya ang daliri ni Jesus, na, nang makita niya, siya ay napatirapa sa takot; sapagkat nalalaman niya na ito ang daliri ng Panginoon; at hindi na siya nagkaroon pa ng pananampalataya, sapagkat nalalaman niya, nang walang pag-aalinlangan.
- 20 Dahil dito, nagtataglay ng ganap na kaalaman ng Diyos, hindi siya maaaring pagbawalan sa loob ng tabing; kaya nga nakita niya si Jesus; at siya ay naglingkod sa kanya.

Behold, I am he who was prepared from the foundation of the world to redeem my people. Behold, I am Jesus Christ. I am the Father and the Son. In me shall all mankind have life, and that eternally, even they who shall believe on my name; and they shall become my sons and my daughters.

And never have I showed myself unto man whom I have created, for never has man believed in me as thou hast. Seest thou that ye are created after mine own image? Yea, even all men were created in the beginning after mine own image.

Behold, this body, which ye now behold, is the body of my spirit; and man have I created after the body of my spirit; and even as I appear unto thee to be in the spirit will I appear unto my people in the flesh.

And now, as I, Moroni, said I could not make a full account of these things which are written, therefore it sufficeth me to say that Jesus showed himself unto this man in the spirit, even after the manner and in the likeness of the same body even as he showed himself unto the Nephites.

And he ministered unto him even as he ministered unto the Nephites; and all this, that this man might know that he was God, because of the many great works which the Lord had showed unto him.

And because of the knowledge of this man he could not be kept from beholding within the veil; and he saw the finger of Jesus, which, when he saw, he fell with fear; for he knew that it was the finger of the Lord; and he had faith no longer, for he knew, nothing doubting.

Wherefore, having this perfect knowledge of God, he could not be kept from within the veil; therefore he saw Jesus; and he did minister unto him.

- 21 At ito ay nangyari na, na sinabi ng Panginoon sa kapatid ni Jared: Masdan, huwag mong pahihintulutan na ang mga bagay na ito na iyong nakita at narinig ay kumalat sa sanlibutan, hanggang sa dumating ang panahong dadakilain ko ang aking pangalan sa laman; kaya nga, paka-iingatan mo ang mga bagay na iyong nakita at narinig, at hindi mo ito ipakikita sa kanino man.
- 22 At masdan, kapag makikipagtagpo ka sa akin, isusulat mo ang mga ito at tatatakan sila, upang walang sinumang makapagpaliwanag sa mga ito; sapagkat isusulat mo ang mga ito sa isang wikang hindi ito mababasa.
- 23 At masdan, ang dalawang batong ito ay ibibigay ko sa iyo, at tatatakan mo rin ang mga ito kasama ng mga bagay na iyong isusulat.
- 24 Sapagkat masdan, ang wikang iyong isusulat ay nilito ko; anupa't papangyarihin ko sa aking sariling takdang panahon na ang mga batong ito ay liliwanagin sa mga mata ng tao ang mga bagay na ito na iyong isusulat.
- 25 At nang sabihin ng Panginoon ang mga salitang ito, ipinakita niya sa kapatid ni Jared ang lahat ng nanirahan sa mundo noon, at gayon din ang lahat ng maninirahan pa; at hindi niya sila ipinagkait sa kanyang paningin, maging sa mga dulo ng mundo.
- 26 Sapagkat sinabi niya sa kanya sa mga panahong lumipas, na kung siya ay maniniwala sa kanya na maipakikita niya sa kanya ang lahat ng bagay—ito ay ipakikita sa kanya; anupa't ang Panginoon ay hindi makapagkakait ng anumang bagay sa kanya, sapagkat nalalaman niyang maipakikita ng Panginoon sa kanya ang lahat ng bagay.
- 27 At sinabi ng Panginoon sa kanya: Isulat mo ang mga bagay na ito at tatakan ang mga ito; at ipahahayag ko ang mga ito sa aking sariling takdang panahon sa mga anak ng tao.
- 28 At ito ay nangyari na, na inutusan siya ng Panginoon na tatakan niya ang dalawang bato na kanyang natanggap, at huwag itong ipakikita, hanggang sa ipakita ito ng Panginoon sa mga anak ng tao.

And it came to pass that the Lord said unto the brother of Jared: Behold, thou shalt not suffer these things which ye have seen and heard to go forth unto the world, until the time cometh that I shall glorify my name in the flesh; wherefore, ye shall treasure up the things which ye have seen and heard, and show it to no man.

And behold, when ye shall come unto me, ye shall write them and shall seal them up, that no one can interpret them; for ye shall write them in a language that they cannot be read.

And behold, these two stones will I give unto thee, and ye shall seal them up also with the things which ye shall write.

For behold, the language which ye shall write I have confounded; wherefore I will cause in my own due time that these stones shall magnify to the eyes of men these things which ye shall write.

And when the Lord had said these words, he showed unto the brother of Jared all the inhabitants of the earth which had been, and also all that would be; and he withheld them not from his sight, even unto the ends of the earth.

For he had said unto him in times before, that if he would believe in him that he could show unto him all things—it should be shown unto him; therefore the Lord could not withhold anything from him, for he knew that the Lord could show him all things.

And the Lord said unto him: Write these things and seal them up; and I will show them in mine own due time unto the children of men.

And it came to pass that the Lord commanded him that he should seal up the two stones which he had received, and show them not, until the Lord should show them unto the children of men.

## Ether 4

- 1 At inutusan ng Panginoon ang kapatid ni Jared na bumaba sa bundok mula sa harapan ng Panginoon, at isulat ang mga bagay na kanyang nakita; at ang mga ito ay ipinagbawal na makarating sa mga anak ng tao hanggang sa matapos siyang ipako sa krus; at sa dahilang ito itinago ang mga ito ni haring Mosias, upang hindi ito makarating sa sanlibutan hanggang sa matapos ipakita ni Cristo ang kanyang sarili sa kanyang mga tao.
- 2 At matapos na ipinakitang tunay ni Cristo ang kanyang sarili sa kanyang mga tao ay iniutos niya na ang mga ito ay ipaalam.
- 3 At ngayon, matapos yaon, nanghina silang lahat sa kawalang-paniniwala; at wala nang iba maliban sa mga Lamanita, at tinanggihan nila ang ebanghelyo ni Cristo; kaya nga inutusan ako na muli ko itong itago sa lupa.
- 4 Masdan, isinulat ko sa mga laminang ito ang yaon ding mga bagay na nakita ng kapatid ni Jared; at wala nang mas hihigit pa sa mga bagay na ipinaalam kaysa sa mga yaong ipinaalam sa kapatid ni Jared.
- 5 Anupa't inutusan ako ng Panginoon na isulat ang mga ito; at isinulat ko ang mga ito. At inutusan niya ako na tatakan ko ito; at iniutos din niyang tatakan ko ang mga pansalin nito; kaya nga tinatakan ko ang mga pansalin, alinsunod sa kautusan ng Panginoon.
- 6 Sapagkat sinabi ng Panginoon sa akin: Hindi ipahahayag ang mga ito sa mga Gentil hanggang sa sumapit ang araw na sila ay magsisi ng kanilang kasamaan, at maging malinis sa harapan ng Panginoon.
- 7 At sa araw na yaon na sila ay mananampalataya sa akin, wika ng Panginoon, maging tulad ng kapatid ni Jared, upang sila ay mapabanal sa akin, pagkatapos ipaalam ko sa kanila ang mga bagay na nakita ng kapatid ni Jared, maging hanggang sa paglalahad sa kanila ng lahat ng aking paghahayag, wika ni Jesucristo, na Anak ng Diyos, ang Ama ng kalangitan at ng lupa, at ang lahat ng bagay na naroroon.

## Ether 4

And the Lord commanded the brother of Jared to go down out of the mount from the presence of the Lord, and write the things which he had seen; and they were forbidden to come unto the children of men until after that he should be lifted up upon the cross; and for this cause did king Mosiah keep them, that they should not come unto the world until after Christ should show himself unto his people.

And after Christ truly had showed himself unto his people he commanded that they should be made manifest.

And now, after that, they have all dwindled in unbelief; and there is none save it be the Lamanites, and they have rejected the gospel of Christ; therefore I am commanded that I should hide them up again in the earth.

Behold, I have written upon these plates the very things which the brother of Jared saw; and there never were greater things made manifest than those which were made manifest unto the brother of Jared.

Wherefore the Lord hath commanded me to write them; and I have written them. And he commanded me that I should seal them up; and he also hath commanded that I should seal up the interpretation thereof; wherefore I have sealed up the interpreters, according to the commandment of the Lord.

For the Lord said unto me: They shall not go forth unto the Gentiles until the day that they shall repent of their iniquity, and become clean before the Lord.

And in that day that they shall exercise faith in me, saith the Lord, even as the brother of Jared did, that they may become sanctified in me, then will I manifest unto them the things which the brother of Jared saw, even to the unfolding unto them all my revelations, saith Jesus Christ, the Son of God, the Father of the heavens and of the earth, and all things that in them are.

- 8 At siya na kakalaban sa salita ng Panginoon, sumpain siya; at siya na itatanggi ang mga bagay na ito, sumpain siya; sapagkat sa kanila ay hindi ako magpapahayag ng higit pang mga bagay, wika ni Jesucristo; sapagkat ako ang siyang nagsasabi.
- 9 At sa aking utos ang kalangitan ay bumubukas at sumasara; at sa aking salita ang lupa ay mayayanig; at sa aking utos ang mga naninirahan doon ay lilipas, maging sa pamamagitan ng apoy.
- 10 At siya na hindi maniniwala sa aking mga salita ay hindi naniniwala sa aking mga disipulo; at kung sakali man na hindi ako nagsalita, hatulan ninyo; sapagkat malalaman ninyo na ako ang siyang nagsasalita, sa huling araw.
- 11 Subalit siya na naniniwala sa mga bagay na ito na aking sinabi, siya ay dadalawin ko ng mga pagpapahayag ng aking Espiritu, at malalaman niya at magpapatotoo. Sapagkat dahil sa aking Espiritu ay malalaman niya na totoo ang mga bagay na ito; sapagkat hinihikayat nito ang tao na gumawa ng kabutihan.
- 12 At anumang bagay na humihikayat sa tao na gumawa ng kabutihan ay sa akin; sapagkat wala nang ibang pinanggagalingan ang kabutihan maliban sa akin. Ako ang siya ring umaakay sa mga tao sa lahat ng kabutihan; siya na hindi maniniwala sa aking mga salita ay hindi maniniwala sa akin—na ako nga; at siya na hindi maniniwala sa akin ay hindi maniniwala sa Ama na siyang nagsugo sa akin. Sapagkat masdan, ako ang Ama, ako ang ilaw, at ang buhay, at ang katotohanan ng daigdig.
- 13 Magsilapit kayo sa akin, O kayong mga Gentil, at ipahahayag ko sa inyo ang higit pang mahahalagang bagay, ang kaalamang natatago dahil sa kawalang-paniniwala.
- 14 Magsilapit kayo sa akin, O kayong sambahayan ni Israel, at ipaalam sa inyo kung gaano kadakila ang mga bagay na inilaan ng Ama para sa inyo, mula pa sa pagkakatatag ng daigdig; at hindi ito nakarating sa inyo, dahil sa kawalang-paniniwala.

And he that will contend against the word of the Lord, let him be accursed; and he that shall deny these things, let him be accursed; for unto them will I show no greater things, saith Jesus Christ; for I am he who speaketh.

And at my command the heavens are opened and are shut; and at my word the earth shall shake; and at my command the inhabitants thereof shall pass away, even so as by fire.

And he that believeth not my words believeth not my disciples; and if it so be that I do not speak, judge ye; for ye shall know that it is I that speaketh, at the last day.

But he that believeth these things which I have spoken, him will I visit with the manifestations of my Spirit, and he shall know and bear record. For because of my Spirit he shall know that these things are true; for it persuadeth men to do good.

And whatsoever thing persuadeth men to do good is of me; for good cometh of none save it be of me. I am the same that leadeth men to all good; he that will not believe my words will not believe me—that I am; and he that will not believe me will not believe the Father who sent me. For behold, I am the Father, I am the light, and the life, and the truth of the world.

Come unto me, O ye Gentiles, and I will show unto you the greater things, the knowledge which is hid up because of unbelief.

Come unto me, O ye house of Israel, and it shall be made manifest unto you how great things the Father hath laid up for you, from the foundation of the world; and it hath not come unto you, because of unbelief.

- 15 Masdan, kapag inyong pupunitin ang tabing na yaon ng kawalang-paniniwala na siyang dahilan ng inyong pananatili sa inyong kakila-kilabot na kalagayan ng kasamaan, at katigasan ng puso, at kabulagan ng pag-iisip, pagkatapos ang mga dakila at kagila-gilalas na bagay na natatago mula pa sa pagkakatatag ng daigdig mula sa inyo—oo, kapag kayo ay mananawagan sa Ama sa aking pangalan, nang may bagbag na puso't nagsisising espiritu, doon ninyo malalaman na natatandaan ng Ama ang tipang kanyang ginawa sa inyong mga ama, O sambahayan ni Israel.
- 16 At doon ilalantad sa mga mata ng lahat ng tao ang aking mga paghahayag na itinulot kong isulat ng aking tagapaglingkod na si Juan. Tandaan, kapag nakita ninyo ang mga bagay na ito, malalaman ninyo na nalalapit na ang panahon na ang mga ito ay ipaaalam sa bawat gawa.
- 17 Kaya nga, kapag natanggap na ninyo ang talaang ito ay malalaman ninyo na ang gawain ng Ama ay nagsimula na sa ibabaw ng buong lupain.
- 18 Kaya nga, magsisi lahat kayong nasa mga dulo ng mundo, at magsilapit sa akin, at maniwala sa aking ebanghelyo, at magpabinyag sa aking pangalan; sapagkat siya na naniniwala at nagpabinyag ay maliligtas; subalit siya na hindi naniniwala ay mapapahamak; at mga palatandaan ang susunod sa kanila na naniniwala sa aking pangalan.
- 19 At pinagpala siya na matatagpuang tapat sa aking pangalan sa huling araw, sapagkat siya ay dadakilain upang manirahan sa kahariang inihanda para sa kanya mula pa sa pagkakatatag ng daigdig. At masdan ako ang siyang nagsabi nito. Amen.

Behold, when ye shall rend that veil of unbelief which doth cause you to remain in your awful state of wickedness, and hardness of heart, and blindness of mind, then shall the great and marvelous things which have been hid up from the foundation of the world from you—yea, when ye shall call upon the Father in my name, with a broken heart and a contrite spirit, then shall ye know that the Father hath remembered the covenant which he made unto your fathers, O house of Israel.

And then shall my revelations which I have caused to be written by my servant John be unfolded in the eyes of all the people. Remember, when ye see these things, ye shall know that the time is at hand that they shall be made manifest in very deed.

Therefore, when ye shall receive this record ye may know that the work of the Father has commenced upon all the face of the land.

Therefore, repent all ye ends of the earth, and come unto me, and believe in my gospel, and be baptized in my name; for he that believeth and is baptized shall be saved; but he that believeth not shall be damned; and signs shall follow them that believe in my name.

And blessed is he that is found faithful unto my name at the last day, for he shall be lifted up to dwell in the kingdom prepared for him from the foundation of the world. And behold it is I that hath spoken it. Amen.

## Ether 5

- 1 At ngayon ako, si Moroni, ay isinulat ang mga salitang iniutos sa akin, alinsunod sa aking alaala; at sinabi ko sa inyo ang mga bagay na aking tinatakan; kaya nga huwag galawin ang mga ito upang maisalin ninyo; sapagkat ang bagay na yaon ay ipinagbabawal sa inyo, maliban sa di maglalaon ay karunungan sa Diyos.
- 2 At masdan, maaari kang pahintulutan na ipakita mo ang mga lamina sa mga yaong makatutulong na maisakatuparan ang gawaing ito;
- 3 At sa tatlo ang mga ito ay ipakikita sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos; anupa't malalaman nila nang may katiyakan na ang mga bagay na ito ay totoo.
- 4 At sa bibig ng tatlong saksi ang mga bagay na ito ay mapagtitibay; at ang patotoo ng tatlo, at ang gawaing ito, kung saan maipakikita ang kapangyarihan ng Diyos at gayon din ang kanyang salita, kung saan ang Ama, at ang Anak, at ang Espiritu Santo ay nagpapatotoo—at ang lahat ng ito ay tatayong isang patotoo laban sa sanlibutan sa huling araw.
- 5 At kung sakali mang sila ay magsisi at lumapit sa Ama sa pangalan ni Jesus, sila ay tatanggapin sa kaharian ng Diyos.
- 6 At ngayon, kung wala akong karapatan sa mga bagay na ito, hatulan ninyo; sapagkat malalaman ninyo na ako ay may karapatan kapag nakita ninyo ako, at tayo ay tatayo sa harapan ng Diyos sa huling araw. Amen.

## Ether 5

And now I, Moroni, have written the words which were commanded me, according to my memory; and I have told you the things which I have sealed up; therefore touch them not in order that ye may translate; for that thing is forbidden you, except by and by it shall be wisdom in God.

And behold, ye may be privileged that ye may show the plates unto those who shall assist to bring forth this work;

And unto three shall they be shown by the power of God; wherefore they shall know of a surety that these things are true.

And in the mouth of three witnesses shall these things be established; and the testimony of three, and this work, in the which shall be shown forth the power of God and also his word, of which the Father, and the Son, and the Holy Ghost bear record—and all this shall stand as a testimony against the world at the last day.

And if it so be that they repent and come unto the Father in the name of Jesus, they shall be received into the kingdom of God.

And now, if I have no authority for these things, judge ye; for ye shall know that I have authority when ye shall see me, and we shall stand before God at the last day. Amen.

## Ether 6

- 1 At ngayon ako, si Moroni, ay magpapatuloy sa pagbibigay ng talaan ni Jared at ng kanyang kapatid.
- 2 Sapagkat ito ay nangyari na, matapos ihanda ng Panginoon ang mga batong dinala ng kapatid ni Jared sa bundok, ang kapatid ni Jared ay bumaba sa bundok, at inilagay niya ang mga bato sa mga sasakyang-dagat na inihanda, isa sa bawat dulo niyon; at masdan, ang mga ito ay nagbigay-liwanag sa mga sasakyang-dagat.
- 3 At sa gayon pinapangyari ng Panginoon na kuminang ang mga bato sa kadiliman, upang magbigay-liwanag sa mga lalaki, babae, at bata, upang hindi nila tawirin ang malawak na mga tubig sa kadiliman.
- 4 At ito ay nangyari na, nang maihanda na nila ang lahat ng uri ng pagkain, nang sa gayon sila ay mabuhay sa tubig, at pagkain din para sa kanilang mga kawan ng tupa at baka, at anumang hayop o ibon na madadala nila—at ito ay nangyari na, nang matapos na nilang gawin ang lahat ng bagay na ito, sila ay lumulan sa kanilang mga sasakyang-dagat o gabara, at nagpalaot sa dagat, ipinagkakatiwala ang kanilang sarili sa Panginoon nilang Diyos.
- 5 At ito ay nangyari na, na pinapangyari ng Panginoong Diyos na magkaroon ng malakas na hangin na ihip sa ibabaw ng mga tubig, patungo sa lupang pangako; at sa gayon sila inanod ng mga alon ng dagat ng hangin.
- 6 At ito ay nangyari na, na sila ay maraming ulit na nalibing sa kailaliman ng dagat, dahil sa mga malabundok na along humahampas sa kanila, at gayon din sa malakas at kakila-kilabot na bagyong ibinunga ng kalakasan ng hangin.
- 7 At ito ay nangyari na, na kapag sila ay nalilibing sa kailaliman ay walang tubig na makapipinsala sa kanila, ang kanilang sasakyang-dagat ay mahigpit tulad ng isang pinggan, at mahigpit din ito tulad ng arko ni Noe; anupa't kapag napalilibutan ito ng maraming tubig sila ay nagsusumamo sa Panginoon, at ibinabalik niya itong muli sa ibabaw ng mga tubig.
- 8 At ito ay nangyari na, na ang hangin ay hindi tumigil sa pag-hip patungo sa lupang pangako habang sila ay nasa mga tubig; at sa gayon sila itinaboy ng hangin.

## Ether 6

And now I, Moroni, proceed to give the record of Jared and his brother.

For it came to pass after the Lord had prepared the stones which the brother of Jared had carried up into the mount, the brother of Jared came down out of the mount, and he did put forth the stones into the vessels which were prepared, one in each end thereof; and behold, they did give light unto the vessels.

And thus the Lord caused stones to shine in darkness, to give light unto men, women, and children, that they might not cross the great waters in darkness.

And it came to pass that when they had prepared all manner of food, that thereby they might subsist upon the water, and also food for their flocks and herds, and whatsoever beast or animal or fowl that they should carry with them—and it came to pass that when they had done all these things they got aboard of their vessels or barges, and set forth into the sea, commending themselves unto the Lord their God.

And it came to pass that the Lord God caused that there should be a furious wind blow upon the face of the waters, towards the promised land; and thus they were tossed upon the waves of the sea before the wind.

And it came to pass that they were many times buried in the depths of the sea, because of the mountain waves which broke upon them, and also the great and terrible tempests which were caused by the fierceness of the wind.

And it came to pass that when they were buried in the deep there was no water that could hurt them, their vessels being tight like unto a dish, and also they were tight like unto the ark of Noah; therefore when they were encompassed about by many waters they did cry unto the Lord, and he did bring them forth again upon the top of the waters.

And it came to pass that the wind did never cease to blow towards the promised land while they were upon the waters; and thus they were driven forth before the wind.



- 9 At sila ay nagsiawit ng mga papuri sa Panginoon; oo, ang kapatid ni Jared ay umawit ng mga papuri sa Panginoon, at pinasalamatan niya at pinapurihan ang Panginoon sa buong maghapon; at nang sumapit ang gabi, hindi sila tumigil sa pagpuri sa Panginoon.
- 10 At sa gayon sila naanod; at walang halimaw ng dagat ang makawawasak sa kanila, ni balyena na makapipinsala sa kanila; at sila ay patuloy na nagkaroon ng liwanag, maging ito man ay nasa ibabaw ng tubig o sa ilalim ng tubig.
- 11 At sa gayon sila naanod, tatlong daan at apatnapu at apat na araw sa tubig.
- 12 At sila ay dumaong sa dalampasigan ng lupang pangako. At nang iyapak nila ang kanilang mga paa sa dalampasigan ng lupang pangako ay iniyukod nila ang kanilang sarili sa ibabaw ng lupain, at nagpakumbaba ng kanilang sarili sa harapan ng Panginoon, at napaluha sa kagalakan sa harapan ng Panginoon, dahil sa nag-uumapaw niyang awa sa kanila.
- 13 At ito ay nangyari na, na sila ay humayo sa ibabaw ng lupain, at nagsimulang bungkalin ang lupain.
- 14 At si Jared ay may apat na anak na lalaki; at sila ay tinawag na Jacom, at Gilgas, at Mahas, at Orihas.
- 15 At ang kapatid ni Jared ay nagkaroon din ng mga anak na lalaki't babae.
- 16 At ang mga kaibigan ni Jared at ng kanyang kapatid ay may bilang na mga dalawampu at dalawang katao; at sila ay nagkaroon din ng mga anak na lalaki't babae bago sila nakarating sa lupang pangako; anupa't sila ay nagsimulang dumami.
- 17 At sila ay tinuruang lumakad nang mapagkumbaba sa harapan ng Panginoon; at tinuruan din sila ng nasa itaas.
- 18 At ito ay nangyari na, na sila ay nagsimulang kumalat sa ibabaw ng lupain, at dumami at nagbungkal ng lupa; at sila ay naging makapangyarihan sa lupain.

And they did sing praises unto the Lord; yea, the brother of Jared did sing praises unto the Lord, and he did thank and praise the Lord all the day long; and when the night came, they did not cease to praise the Lord.

And thus they were driven forth; and no monster of the sea could break them, neither whale that could mar them; and they did have light continually, whether it was above the water or under the water.

And thus they were driven forth, three hundred and forty and four days upon the water.

And they did land upon the shore of the promised land. And when they had set their feet upon the shores of the promised land they bowed themselves down upon the face of the land, and did humble themselves before the Lord, and did shed tears of joy before the Lord, because of the multitude of his tender mercies over them.

And it came to pass that they went forth upon the face of the land, and began to till the earth.

And Jared had four sons; and they were called Jacom, and Gilgah, and Mahah, and Orihah.

And the brother of Jared also begat sons and daughters.

And the friends of Jared and his brother were in number about twenty and two souls; and they also begat sons and daughters before they came to the promised land; and therefore they began to be many.

And they were taught to walk humbly before the Lord; and they were also taught from on high.

And it came to pass that they began to spread upon the face of the land, and to multiply and to till the earth; and they did wax strong in the land.

19 At ang kapatid ni Jared ay nagsimulang tumanda, at natantong malapit na siyang bumaba sa libingan; kaya nga, sinabi niya kay Jared: Sama-sama nating tipunin ang ating mga tao upang mabilang natin sila, upang malaman natin sa kanila kung ano ang kanilang hihilingin sa atin bago tayo bumaba sa ating mga libingan.

20 At alinsunod dito ang mga tao ay sama-samang tinipon. Ngayon, ang bilang ng mga anak na lalaki't babae ng kapatid ni Jared ay dalawampu at dalawang katao; at ang bilang ng mga anak na lalaki't babae ni Jared ay labindalawa, siya na may apat na anak na lalaki.

21 At ito ay nangyari na, na binilang nila ang kanilang mga tao; at matapos nilang bilangin sila, itinanong nila sa kanila ang mga bagay na nais nila na kanilang gawin bago sila bumaba sa kanilang mga libingan.

22 At ito ay nangyari na, na hiniling ng mga tao sa kanila na sila ay maghirang ng isa sa mga anak nilang lalaki na maging hari nila.

23 At ngayon masdan, ito ay nakapagpadalamhati sa kanila. At sinabi ng kapatid ni Jared sa kanila: Tunay na ang bagay na ito ay hahantong sa pagkabihag.

24 Subalit sinabi ni Jared sa kanyang kapatid: Pahintulutan mo sila na magkaroon sila ng hari. At kaya nga sinabi niya sa kanila: Pumili kayo mula sa aming mga anak na lalaki ng isang hari, maging sinuman ang nais ninyo.

25 At ito ay nangyari na, na pinili nila maging ang unang anak na lalaki ng kapatid ni Jared; at ang kanyang pangalan ay Pagag. At ito ay nangyari na, na tumanggi siya at ayaw na maging hari nila. At ninais ng mga tao na pilitin siya ng kanyang ama, subalit tumanggi ang kanyang ama; at inutusan niya sila na hindi sila dapat mamilit ng sinuman na maging hari nila.

26 At ito ay nangyari na, na pinili nila ang lahat ng kapatid na lalaki ni Pagag, at sila ay tumanggi.

27 At ito ay nangyari na, ni sinuman sa mga anak na lalaki ni Jared, maging ang lahat maliban sa isa; at si Orihas ay hinirang na hari ng mga tao.

28 At siya ay nagsimulang mamahala, at ang mga tao ay nagsimulang umunlad; at naging labis silang mayayaman.

And the brother of Jared began to be old, and saw that he must soon go down to the grave; wherefore he said unto Jared: Let us gather together our people that we may number them, that we may know of them what they will desire of us before we go down to our graves.

And accordingly the people were gathered together. Now the number of the sons and the daughters of the brother of Jared were twenty and two souls; and the number of sons and daughters of Jared were twelve, he having four sons.

And it came to pass that they did number their people; and after that they had numbered them, they did desire of them the things which they would that they should do before they went down to their graves.

And it came to pass that the people desired of them that they should anoint one of their sons to be a king over them.

And now behold, this was grievous unto them. And the brother of Jared said unto them: Surely this thing leadeth into captivity.

But Jared said unto his brother: Suffer them that they may have a king. And therefore he said unto them: Choose ye out from among our sons a king, even whom ye will.

And it came to pass that they chose even the first-born of the brother of Jared; and his name was Pagag. And it came to pass that he refused and would not be their king. And the people would that his father should constrain him, but his father would not; and he commanded them that they should constrain no man to be their king.

And it came to pass that they chose all the brothers of Pagag, and they would not.

And it came to pass that neither would the sons of Jared, even all save it were one; and Orihas was anointed to be king over the people.

And he began to reign, and the people began to prosper; and they became exceedingly rich.

29 At ito ay nangyari na, na si Jared ay namatay, at  
gayon din ang kanyang kapatid.

30 At ito ay nangyari na, na lumakad si Orihas nang  
mapagkumbaba sa harapan ng Panginoon, at  
tinandaan ang mga dakilang bagay na ginawa ng  
Panginoon para sa kanyang ama, at itinuro rin sa  
kanyang mga tao ang mga dakilang bagay na ginawa  
ng Panginoon para sa kanilang mga ama.

And it came to pass that Jared died, and his  
brother also.

And it came to pass that Orihas did walk humbly  
before the Lord, and did remember how great things  
the Lord had done for his father, and also taught his  
people how great things the Lord had done for their  
fathers.

## Ether 7

- 1 At ito ay nangyari na, na si Orihas ay nagpatupad ng kahatulan sa lupain sa katwiran sa lahat ng kanyang mga araw, na ang mga araw ay lubhang napakarami.
- 2 At siya ay nagkaroon ng mga anak na lalaki't babae; oo, siya ay nagkaroon ng tatlumpu at isa, sa yaon ay dalawampu at tatlo ang mga lalaki.
- 3 At ito ay nangyari na, na isinilang din sa kanya si Kib sa kanyang katandaan. At ito ay nangyari na, na si Kib ang namahalang kahalili niya; at isinilang kay Kib si Corihor.
- 4 At nang si Corihor ay tatlumpu at dalawang taong gulang na, siya ay naghimagsik laban sa kanyang ama, at nagtungo at nanirahan sa lupain ng Nehor; at siya ay nagkaroon ng mga anak na lalaki't babae, at sila ay naging labis na kaaya-aya; anupa't si Corihor ay nakaakit ng maraming tao na sumunod sa kanya.
- 5 At nang makapangalap siya ng hukbo siya ay nagtungo sa lupain ng Moron kung saan naninirahan ang hari, at dinala siyang bihag, na katuparan ng sinabi ng kapatid ni Jared na sila ay madadala sa pagkabihag.
- 6 Ngayon, ang lupain ng Moron, kung saan naninirahan ang hari, ay malapit sa lupaing tinatawag na Kapanglawan ng mga Nephita.
- 7 At ito ay nangyari na, na si Kib ay namalagi sa pagkabihag, at ang kanyang mga tao sa ilalim ni Corihor na kanyang anak na lalaki, hanggang sa siya ay lubusan nang tumanda; gayon pa man, isinilang kay Kib si Shul sa kanyang katandaan, habang siya ay nasa pagkabihag.
- 8 At ito ay nangyari na, na si Shul ay nagalit sa kanyang kapatid; at si Shul ay lumaking malakas, at naging napakalakas tulad ng lakas ng isang lalaki; at naging makapangyarihan din siya sa paghahatol.
- 9 Samakatwid, siya ay nagtungo sa burol Ephraim, at tumunaw siya mula sa burol, at gumawa siya ng mga espada mula sa asero para sa mga yaong sumama sa kanya; at matapos na kanyang masandatahan sila ng mga espada, siya ay bumalik sa lunsod Nehor, at nakidigma sa kanyang kapatid na si Corihor, sa gayong paraan ay nabawi niya ang kaharian at ibinalik ito sa kanyang amang si Kib.

## Ether 7

And it came to pass that Orihas did execute judgment upon the land in righteousness all his days, whose days were exceedingly many.

And he begat sons and daughters; yea, he begat thirty and one, among whom were twenty and three sons.

And it came to pass that he also begat Kib in his old age. And it came to pass that Kib reigned in his stead; and Kib begat Corihor.

And when Corihor was thirty and two years old he rebelled against his father, and went over and dwelt in the land of Nehor; and he begat sons and daughters, and they became exceedingly fair; wherefore Corihor drew away many people after him.

And when he had gathered together an army he came up unto the land of Moron where the king dwelt, and took him captive, which brought to pass the saying of the brother of Jared that they would be brought into captivity.

Now the land of Moron, where the king dwelt, was near the land which is called Desolation by the Nephites.

And it came to pass that Kib dwelt in captivity, and his people under Corihor his son, until he became exceedingly old; nevertheless Kib begat Shule in his old age, while he was yet in captivity.

And it came to pass that Shule was angry with his brother; and Shule waxed strong, and became mighty as to the strength of a man; and he was also mighty in judgment.

Wherefore, he came to the hill Ephraim, and he did molten out of the hill, and made swords out of steel for those whom he had drawn away with him; and after he had armed them with swords he returned to the city Nehor, and gave battle unto his brother Corihor, by which means he obtained the kingdom and restored it unto his father Kib.

10 At ngayon dahil sa bagay na ginawa ni Shul ay iginawad ng kanyang ama sa kanya ang kaharian; anupa't siya ay nagsimulang mamahala bilang kahalili ng kanyang ama.

11 At ito ay nangyari na, na nagpatupad siya ng kahatulan sa katwiran; at pinag-ibayo niya ang kanyang kaharian sa ibabaw ng buong lupain, sapagkat ang mga tao ay naging lubhang napakarami.

12 At ito ay nangyari na, na nagkaroon din si Shul ng maraming anak na lalaki't babae.

13 At si Corihor ay nagsisi sa maraming kasamaang kanyang nagawa; kaya nga, siya ay binigyan ni Shul ng kapangyarihan sa kanyang kaharian.

14 At ito ay nangyari na, na si Corihor ay nagkaroon ng maraming anak na lalaki't babae. At sa mga anak na lalaki ni Corihor ay may isa na ang pangalan ay Noe.

15 At ito ay nangyari na, na si Noe ay naghimagsik laban kay Shul, ang hari, at gayundin sa kanyang amang si Corihor, at nahimok si Cohor na kanyang kapatid, at gayundin ang lahat ng kanyang kapatid na lalaki at marami sa mga tao.

16 At siya ay nakidigma kay Shul, ang hari, kung saan ay nakuha niya ang lupain ng kanilang unang mana; at siya ay naging hari sa bahaging yaon ng lupain.

17 At ito ay nangyari na, na siya ay muling nakidigma kay Shul, ang hari; at dinakip niya si Shul, ang hari, at dinala siyang bihag sa Moron.

18 At ito ay nangyari na, nang siya ay ipapapatay na lamang, ang mga anak ni Shul ay palihim na pumasok sa bahay ni Noe sa gabi at pinatay siya, at winasak ang pinto ng bilangguan at inilabas ang kanilang ama, at iniupo siya sa kanyang trono sa kanyang sariling kaharian.

19 Anupa't itinatag ng anak ni Noe ang kanyang kaharian bilang kahalili niya. Gayon pa man sila ay hindi na nagwagi kay Shul, ang hari, at ang mga tao na nasa ilalim ng paghahari ni Shul, ang hari, ay labis na umunlad at naging makapangyarihan.

20 At ang bayan ay nahati; at nagkaroon ng dalawang kaharian, ang kaharian ni Shul, at ang kaharian ni Cohor, na anak ni Noe.

And now because of the thing which Shule had done, his father bestowed upon him the kingdom; therefore he began to reign in the stead of his father.

And it came to pass that he did execute judgment in righteousness; and he did spread his kingdom upon all the face of the land, for the people had become exceedingly numerous.

And it came to pass that Shule also begat many sons and daughters.

And Corihor repented of the many evils which he had done; wherefore Shule gave him power in his kingdom.

And it came to pass that Corihor had many sons and daughters. And among the sons of Corihor there was one whose name was Noah.

And it came to pass that Noah rebelled against Shule, the king, and also his father Corihor, and drew away Cohor his brother, and also all his brethren and many of the people.

And he gave battle unto Shule, the king, in which he did obtain the land of their first inheritance; and he became a king over that part of the land.

And it came to pass that he gave battle again unto Shule, the king; and he took Shule, the king, and carried him away captive into Moron.

And it came to pass as he was about to put him to death, the sons of Shule crept into the house of Noah by night and slew him, and broke down the door of the prison and brought out their father, and placed him upon his throne in his own kingdom.

Wherefore, the son of Noah did build up his kingdom in his stead; nevertheless they did not gain power any more over Shule the king, and the people who were under the reign of Shule the king did prosper exceedingly and wax great.

And the country was divided; and there were two kingdoms, the kingdom of Shule, and the kingdom of Cohor, the son of Noah.

- 21 At si Cohor, na anak ni Noe, ay inudyukan ang kanyang mga tao na makidigma kay Shul, kung saan sila ay nagapi ni Shul at napatay si Cohor.
- 22 At ngayon, si Cohor ay may isang anak na lalaki na tinatawag na Nimrod; at isinuko ni Nimrod ang kaharian ni Cohor kay Shul, at nakuha niya ang pagsang-ayon sa paningin ni Shul; anupa't nagbigay ng malalaking kasihan sa kanya si Shul, at ginawa niya sa kaharian ni Shul ang naaayon sa kanyang mga naisin.
- 23 At sa paghahari rin ni Shul ay nagkaroon ng mga propeta sa mga tao, na isinugo mula sa Panginoon, nagpopropesiya na ang mga kasamaan at pagsamba ng mga tao sa diyus-diyusan ay nagdadala ng sumpa sa lupain, at sila ay malilipol kung hindi sila magsisisi.
- 24 At ito ay nangyari na, na nilait ng mga tao ang mga propeta, at pinagtawanan sila. At ito ay nangyari na, na nagpatupad ng kahatulan si haring Shul laban sa lahat ng yaong lumalait sa mga propeta.
- 25 At nagpatupad din ng batas sa buong lupain na nagbigay-kapangyarihan sa mga propeta na maaari silang magtungo kung saan man nila naisin; at dahil dito, ang mga tao ay nadala sa pagsisisi.
- 26 At dahil ang mga tao ay nagsisi ng kanilang mga kasamaan at pagsamba sa mga diyus-diyusan sila ay pinatawad ng Panginoon, at sila ay nagsimulang umunlad na muli sa lupain. At ito ay nangyari na, na si Shul ay nagkaroon ng mga anak na lalaki't babae sa kanyang katandaan.
- 27 At hindi na nagkaroon pa ng mga digmaan sa mga araw ni Shul; at naalaala niya ang mga dakilang bagay na ginawa ng Panginoon para sa kanyang mga ama sa pagdadala sa kanila sa pagtawid sa malawak na kailaliman patungo sa lupang pangako; kaya nga siya ay nagpatupad ng kahatulan sa katwiran sa lahat ng kanyang mga araw.

And Cohor, the son of Noah, caused that his people should give battle unto Shule, in which Shule did beat them and did slay Cohor.

And now Cohor had a son who was called Nimrod; and Nimrod gave up the kingdom of Cohor unto Shule, and he did gain favor in the eyes of Shule; wherefore Shule did bestow great favors upon him, and he did do in the kingdom of Shule according to his desires.

And also in the reign of Shule there came prophets among the people, who were sent from the Lord, prophesying that the wickedness and idolatry of the people was bringing a curse upon the land, and they should be destroyed if they did not repent.

And it came to pass that the people did revile against the prophets, and did mock them. And it came to pass that king Shule did execute judgment against all those who did revile against the prophets.

And he did execute a law throughout all the land, which gave power unto the prophets that they should go whithersoever they would; and by this cause the people were brought unto repentance.

And because the people did repent of their iniquities and idolatries the Lord did spare them, and they began to prosper again in the land. And it came to pass that Shule begat sons and daughters in his old age.

And there were no more wars in the days of Shule; and he remembered the great things that the Lord had done for his fathers in bringing them across the great deep into the promised land; wherefore he did execute judgment in righteousness all his days.

## Ether 8

- 1 At ito ay nangyari na, na isinilang sa kanya si Omer, at si Omer ay nagharing kahalili niya. At isinilang kay Omer si Jared; at si Jared ay nagkaroon ng mga anak na lalaki't babae.
- 2 At si Jared ay naghimagsik laban sa kanyang ama, at nagtungo at nanirahan sa lupain ng Het. At ito ay nangyari na, na nahibok niya ang maraming tao, dahil sa kanyang mga tusong salita, hanggang sa maangkin niya ang kalahati ng kaharian.
- 3 At nang maangkin na niya ang kalahati ng kaharian siya ay nakidigma sa kanyang ama, at tinangay niya ang kanyang ama sa pagkabihag, at pinagsilbi siya sa pagkabihag;
- 4 At ngayon, sa mga araw ng paghahari ni Omer ay nasa pagkabihag siya nang kalahati ng kanyang mga araw. At ito ay nangyari na, na siya ay nagkaroon ng mga anak na lalaki't babae, kabilang sa kanila sina Esrom at Coriantumer;
- 5 At labis silang nagalit dahil sa mga ginagawa ni Jared na kanilang kapatid, hanggang sa sila ay nakapangalap ng isang hukbo at nakidigma kay Jared. At ito ay nangyari na, na sila ay nakidigma sa kanya sa gabi.
- 6 At ito ay nangyari na, nang mapatay nila ang hukbo ni Jared na papatayin na rin sana nila siya; at siya ay nagmakaawa sa kanila na huwag siyang patayin, at isusuko niya ang kaharian sa kanyang ama. At ito ay nangyari na, na ipinagkaloob nila sa kanya ang kanyang buhay.
- 7 At ngayon, si Jared ay naging napakalungkot dahil sa pagkawala ng kaharian, sapagkat inilagak niya ang kanyang puso sa kaharian at sa papuri ng daigdig.
- 8 Ngayon, ang anak na babae ni Jared dahil sa napakatuso, at nakikita ang kalungkutan ng kanyang ama, ay naisipang bumuo ng isang plano upang matubos niya ang kaharian para sa kanyang ama.

## Ether 8

And it came to pass that he begat Omer, and Omer reigned in his stead. And Omer begat Jared; and Jared begat sons and daughters.

And Jared rebelled against his father, and came and dwelt in the land of Heth. And it came to pass that he did flatter many people, because of his cunning words, until he had gained the half of the kingdom.

And when he had gained the half of the kingdom he gave battle unto his father, and he did carry away his father into captivity, and did make him serve in captivity;

And now, in the days of the reign of Omer he was in captivity the half of his days. And it came to pass that he begat sons and daughters, among whom were Esrom and Coriantumer;

And they were exceedingly angry because of the doings of Jared their brother, insomuch that they did raise an army and gave battle unto Jared. And it came to pass that they did give battle unto him by night.

And it came to pass that when they had slain the army of Jared they were about to slay him also; and he pled with them that they would not slay him, and he would give up the kingdom unto his father. And it came to pass that they did grant unto him his life.

And now Jared became exceedingly sorrowful because of the loss of the kingdom, for he had set his heart upon the kingdom and upon the glory of the world.

Now the daughter of Jared being exceedingly expert, and seeing the sorrows of her father, thought to devise a plan whereby she could redeem the kingdom unto her father.

- 9 Ngayon, ang anak na babae ni Jared ay labis na kaaya-aya. At ito ay nangyari na, na siya ay nakipag-usap sa kanyang ama, at sinabi sa kanya: Sa anong dahilan ang aking ama ay labis na nalulungkot? Hindi ba niya nabasa ang talaang dinala ng ating mga ama mula sa kabila ng malawak na kailaliman? Masdan, hindi ba't may ulat hinggil sa kanila noong sinauna, na sila sa pamamagitan ng kanilang mga lihim na plano ay nakatamo ng mga kaharian at malaking kabantugan?
- 10 At ngayon, samakatwid, ipatawag ng aking ama si Akis, na anak na lalaki ni Kimnor; at masdan, ako'y kaaya-aya, at ako ay magsasayaw sa kanyang harapan, at bibigyang-kasiyahan ko siya, upang naisin niya akong maging asawa; sa gayon kung hihingin niya sa inyong ipagkaloob ako sa kanya na maging asawa, doon ninyo sasabihin: Ipagkaloob ko siya kung dadalhin mo sa akin ang ulo ng aking ama, ang hari.
- 11 At ngayon, si Omer ay isang kaibigan kay Akis; samakatwid, nang ipatawag ni Jared si Akis, na ang anak na babae ni Jared ay nagsayaw sa kanyang harapan na kanyang nabigyang-kasiyahan siya, kung kaya't ninais niyang maging asawa siya. At ito ay nangyari na, na sinabi niya kay Jared: Ipagkaloob mo siya sa akin na maging asawa.
- 12 At sinabi ni Jared sa kanya: Ipagkaloob ko siya sa iyo, kung dadalhin mo sa akin ang ulo ng aking ama, ang hari.
- 13 At ito ay nangyari na, na tinipon ni Akis sa tahanan ni Jared ang lahat ng kanyang kaanak, at sinabi sa kanila: Mangangako ba kayo sa akin na magiging tapat kayo sa akin sa bagay na hihilingin ko sa inyo?
- 14 At ito ay nangyari na, na silang lahat ay nanumpa sa kanya, sa Diyos ng langit, at gayon din sa kalangitan, at gayon din sa lupa, at sa kanilang mga ulo, na sinuman ang magbabago mula sa pagtulong na hiniling ni Akis ay mawawalan ng kanyang ulo; at kung sinuman ang magsisiwalat ng anumang bagay na ipinaalam sa kanila ni Akis, siya rin ay kikitlan ng kanyang buhay.

Now the daughter of Jared was exceedingly fair. And it came to pass that she did talk with her father, and said unto him: Whereby hath my father so much sorrow? Hath he not read the record which our fathers brought across the great deep? Behold, is there not an account concerning them of old, that they by their secret plans did obtain kingdoms and great glory?

And now, therefore, let my father send for Akish, the son of Kimnor; and behold, I am fair, and I will dance before him, and I will please him, that he will desire me to wife; wherefore if he shall desire of thee that ye shall give unto him me to wife, then shall ye say: I will give her if ye will bring unto me the head of my father, the king.

And now Omer was a friend to Akish; wherefore, when Jared had sent for Akish, the daughter of Jared danced before him that she pleased him, insomuch that he desired her to wife. And it came to pass that he said unto Jared: Give her unto me to wife.

And Jared said unto him: I will give her unto you, if ye will bring unto me the head of my father, the king.

And it came to pass that Akish gathered in unto the house of Jared all his kinsfolk, and said unto them: Will ye swear unto me that ye will be faithful unto me in the thing which I shall desire of you?

And it came to pass that they all sware unto him, by the God of heaven, and also by the heavens, and also by the earth, and by their heads, that whoso should vary from the assistance which Akish desired should lose his head; and whoso should divulge whatsoever thing Akish made known unto them, the same should lose his life.



- 15 At ito ay nangyari na, na sa gayon sila sumang-ayon kay Akis. At inihayag sa kanila ni Akis ang mga sumpang ibinigay sa kanila ng mga yaong sinauna na naghangad din ng kapangyarihan, na ipinaspasa maging mula pa kay Cain, na isang mamamatay-tao mula pa sa simula.
- 16 At ang mga ito ay iningatan ng kapangyarihan ng diyablo upang ihayag ang mga pangakong ito sa mga tao, upang mapanatili sila sa kadiliman, upang tulungan ang mga yaong naghahangad ng kapangyarihan na makakuha ng kapangyarihan, at makapaslang, at makadambong, at makapagsinungaling, at makagawa ng lahat ng uri ng kasamaan at mga pagpapatutot.
- 17 At ang anak na babae ni Jared ang siyang naglagay nito sa kanyang puso na saliksikin ang mga bagay na ito noong sinauna; at inilagay ito ni Jared sa puso ni Akis; anupa't ipinahayag ito ni Akis sa kanyang mga kaanak at kaibigan, inaakay silang palayo sa pamamagitan ng magagandang pangako upang kanilang gawin ang anumang bagay na naisin niya.
- 18 At ito ay nangyari na, na sila ay bumuo ng isang lihim na pakikipagsabwatan, maging tulad nila noong sinauna; kung aling pakikipagsabwatan ay pinakakarumal-dumal at pinakamasama sa lahat, sa paningin ng Diyos;
- 19 Sapagkat ang Panginoon ay hindi gumagawa sa mga lihim na pakikipagsabwatan, ni ang loobin niyang magpadanak ng dugo ang tao, kundi ipinagbabawal ito sa lahat ng bagay, mula pa sa simula ng tao.
- 20 At ngayon ako, si Moroni, ay hindi isusulat ang pamamaraan ng kanilang mga sumpa at pakikipagsabwatan, sapagkat ipinaalam sa akin na mayroon nito sa lahat ng tao, at mayroon nito sa mga Lamanita.
- 21 At ang mga ito ang naging dahilan ng pagkalipol ng mga taong ito na kung sino ngayon ay sinasabi ko, at gayon din ng pagkalipol ng mga tao ni Nephi.

And it came to pass that thus they did agree with Akish. And Akish did administer unto them the oaths which were given by them of old who also sought power, which had been handed down even from Cain, who was a murderer from the beginning.

And they were kept up by the power of the devil to administer these oaths unto the people, to keep them in darkness, to help such as sought power to gain power, and to murder, and to plunder, and to lie, and to commit all manner of wickedness and whoredoms.

And it was the daughter of Jared who put it into his heart to search up these things of old; and Jared put it into the heart of Akish; wherefore, Akish administered it unto his kindred and friends, leading them away by fair promises to do whatsoever thing he desired.

And it came to pass that they formed a secret combination, even as they of old; which combination is most abominable and wicked above all, in the sight of God;

For the Lord worketh not in secret combinations, neither doth he will that man should shed blood, but in all things hath forbidden it, from the beginning of man.

And now I, Moroni, do not write the manner of their oaths and combinations, for it hath been made known unto me that they are had among all people, and they are had among the Lamanites.

And they have caused the destruction of this people of whom I am now speaking, and also the destruction of the people of Nephi.

- 22 At anumang bansa ang magtataguyod sa mga gayong lihim na pakikipagsabwatan, upang makakuha ng kapangyarihan at makinabang, hanggang sa lumaganap ang mga ito sa buong bansa, masdan, sila ay malilipol; sapagkat hindi pahihintulutan ng Panginoon na ang dugo ng kanyang mga banal, na padadanakin nila, ay laging dumaing sa kanya mula sa lupa, upang maghiganti laban sa kanila, at gayon man hindi niya ipinaghiganti sila.
- 23 Kaya nga, O kayong mga Gentil, karunungan sa Diyos na ang mga bagay na ito ay ipaalam sa inyo, nang sa gayon kayo ay makapagsisi ng inyong mga kasalanan, at huwag pahintulutan ang mga nakamamatay na pakikipagsabwatan ay manaig sa inyo, na itinatag upang makakuha ng kapangyarihan at makinabang—at ang gawain, oo, maging ang gawain ng pagkalipol ay darating sa inyo, oo, maging ang espada ng katarungan ng Diyos na Walang Hanggan ay babagsak sa inyo, tungo sa inyong pagbagsak at pagkalipol kung pahihintulutan ninyong mangyari ang mga bagay na ito.
- 24 Kaya nga, inuutusan kayo ng Panginoon, na kapag nakita ninyo ang mga bagay na ito na naitatag sa inyo na kayo ay magising sa pang-unawa sa inyong kakila-kilabot na kalagayan, dahil sa mga lihim na pakikipagsabwatang mapapasainyo; o sa aba niyon, dahil sa dugo nila na mga napatay; sapagkat sila ay dumadaing mula sa alabok upang maghiganti rito, at gayon din sa mga yaong nagtatag dito.
- 25 Sapagkat ito ay mangyayari na sinuman ang magtatatag nito ay naghahangad na ibagsak ang kalayaan ng lahat ng lupain, bansa, at bayan; at papapangyarihin nito ang pagkalipol ng lahat ng tao, sapagkat ito ay itinatag ng diyablo, na siyang ama ng lahat ng kasinungalingan; maging ang yaon ding sinungaling na luminlang sa ating mga unang magulang, oo, maging ang yaon ding sinungaling na siyang naging sanhi na makagawa ng pagpaslang ang mga tao mula pa sa simula; na siyang nagpatigas sa mga puso ng mga tao kung kaya't pinaslang nila ang mga propeta, at pinagbabato sila, at itinaboy sila mula pa sa simula.

And whatsoever nation shall uphold such secret combinations, to get power and gain, until they shall spread over the nation, behold, they shall be destroyed; for the Lord will not suffer that the blood of his saints, which shall be shed by them, shall always cry unto him from the ground for vengeance upon them and yet he avenge them not.

Wherefore, O ye Gentiles, it is wisdom in God that these things should be shown unto you, that thereby ye may repent of your sins, and suffer not that these murderous combinations shall get above you, which are built up to get power and gain—and the work, yea, even the work of destruction come upon you, yea, even the sword of the justice of the Eternal God shall fall upon you, to your overthrow and destruction if ye shall suffer these things to be.

Wherefore, the Lord commandeth you, when ye shall see these things come among you that ye shall awake to a sense of your awful situation, because of this secret combination which shall be among you; or wo be unto it, because of the blood of them who have been slain; for they cry from the dust for vengeance upon it, and also upon those who built it up.

For it cometh to pass that whoso buildeth it up seeketh to overthrow the freedom of all lands, nations, and countries; and it bringeth to pass the destruction of all people, for it is built up by the devil, who is the father of all lies; even that same liar who beguiled our first parents, yea, even that same liar who hath caused man to commit murder from the beginning; who hath hardened the hearts of men that they have murdered the prophets, and stoned them, and cast them out from the beginning.

26 Samakatwid, ako, si Moroni, ay inutusang isulat ang mga bagay na ito upang ang kasamaan ay mawakasan, at upang dumating ang panahon na si Satanas ay mawalan ng kapangyarihan sa mga puso ng mga anak ng tao, bagkus ay mahikayat sila na patuloy na gumawa ng kabutihan, upang sila ay makarating sa bukal ng lahat ng kabutihan at maligtas.

Wherefore, I, Moroni, am commanded to write these things that evil may be done away, and that the time may come that Satan may have no power upon the hearts of the children of men, but that they may be persuaded to do good continually, that they may come unto the fountain of all righteousness and be saved.

## Ether 9

- 1 At ngayon ako, si Moroni, ay magpapatuloy sa aking talaan. Samakatwid, masdan, ito ay nangyari na, na dahil sa lihim na pakikipagsabwatan ni Akis at ng kanyang mga kaibigan, masdan, naibagsak nila ang kaharian ni Omer.
- 2 Gayon pa man, ang Panginoon ay naging maawain kay Omer, at gayon din sa kanyang mga anak na lalaki at sa kanyang mga anak na babae na hindi naghagad ng kanyang pagkawasak.
- 3 At binalaan ng Panginoon si Omer sa isang panaginip na narapat niyang lisanin ang lupain; kaya nga nilisan ni Omer ang lupain kasama ang kanyang mag-anak, at naglakbay ng maraming araw, at narating at nadaanan ang burol ng Shim, at narating ang lugar kung saan nalipol ang mga Nephita, at mula roon ay nagpasilangan, at narating ang lugar na tinatawag na Ablum, sa may dalampasigan, at doon niya itinayo ang kanyang tolda, at gayon din ang kanyang mga anak na lalaki at kanyang mga anak na babae, at ang kanyang buong sambahayan, maliban kay Jared at sa kanyang mag-anak.
- 4 At ito ay nangyari na, na si Jared ay hinirang na hari ng mga tao, ng kamay ng kasamaan; at ipinagkaloob niya kay Akis ang kanyang anak na babae na maging asawa.
- 5 At ito ay nangyari na, na hinangad kitlin ni Akis ang buhay ng kanyang biyanang lalaki; at ginamit niya ang mga yaong pinasumpa niya sa pamamagitan ng sumpa ng mga sinauna, at nakuha nila ang ulo ng kanyang biyanang lalaki, habang siya ay nakaupo sa kanyang trono, na nakikipag-usap sa kanyang mga tao.
- 6 Sapagkat napakalaki ng naging paglaganap ng masama at lihim na samahang ito kung kaya't pinasama nito ang mga puso ng lahat ng tao; anupa't si Jared ay napaslang sa kanyang trono, at si Akis ay nagharing kahalili niya.
- 7 At ito ay nangyari na, na si Akis ay nagsimulang manibugho sa kanyang anak na lalaki, kung kaya't kanyang ipinakulong siya sa bilangguan, at binuhay siya sa kakaunti o walang pagkain hanggang sa siya ay magdanas ng kamatayan.

## Ether 9

And now I, Moroni, proceed with my record. Therefore, behold, it came to pass that because of the secret combinations of Akish and his friends, behold, they did overthrow the kingdom of Omer.

Nevertheless, the Lord was merciful unto Omer, and also to his sons and to his daughters who did not seek his destruction.

And the Lord warned Omer in a dream that he should depart out of the land; wherefore Omer departed out of the land with his family, and traveled many days, and came over and passed by the hill of Shim, and came over by the place where the Nephites were destroyed, and from thence eastward, and came to a place which was called Ablom, by the seashore, and there he pitched his tent, and also his sons and his daughters, and all his household, save it were Jared and his family.

And it came to pass that Jared was anointed king over the people, by the hand of wickedness; and he gave unto Akish his daughter to wife.

And it came to pass that Akish sought the life of his father-in-law; and he applied unto those whom he had sworn by the oath of the ancients, and they obtained the head of his father-in-law, as he sat upon his throne, giving audience to his people.

For so great had been the spreading of this wicked and secret society that it had corrupted the hearts of all the people; therefore Jared was murdered upon his throne, and Akish reigned in his stead.

And it came to pass that Akish began to be jealous of his son, therefore he shut him up in prison, and kept him upon little or no food until he had suffered death.

- 8 At ngayon, ang kapatid na lalaki niya na nagdanas ng kamatayan, (at ang pangalan niya ay Nimras) ay nagalit sa kanyang ama dahil sa ginawa ng kanyang ama sa kanyang kapatid.
- 9 At ito ay nangyari na, na si Nimras ay nangalap ng maliit na bilang ng mga tauhan, at tumakas palabas ng lupain, at nakarating at nanirahang kasama ni Omer.
- 10 At ito ay nangyari na, na isinilang kay Akis ang iba pang mga anak na lalaki, at naakit nila ang puso ng mga tao, sa kabila ng panunumpa nila sa kanya na gagawin ang lahat ng uri ng kasamaan alinsunod sa yaong kahilingan niya.
- 11 Ngayon, ang mga tao ni Akis ay nagnais na makinabang, maging tulad ni Akis na naghahangad ng kapangyarihan; kaya nga, inalok sila ng mga anak ni Akis ng salapi, sa gayong pamamaraan ay nahimok nila na sumunod sa kanila ang nakararaming bahagi ng mga tao.
- 12 At nagsimulang magkaroon ng digmaan sa pagitan ng mga anak na lalaki ni Akis at kay Akis, na tumagal sa loob ng maraming taon, oo, hanggang sa pagkalipol ng halos lahat ng tao ng kaharian, oo, maging lahat, maliban sa tatlumpung katao, at sila na nagsitakas na kasama ng sambahayan ni Omer.
- 13 Anupa't si Omer ay muling naibalik sa lupaing kanyang mana.
- 14 At ito ay nangyari na, na si Omer ay nagsimulang tumanda; gayon pa man, sa kanyang katandaan ay isinilang sa kanya si Emer; at hinirang niya si Emer na maging hari upang magharing kahalili niya.
- 15 At matapos niyang hirangin si Emer na maging hari siya ay nakakita ng kapayapaan sa lupain sa loob ng dalawang taon, at siya ay namatay, matapos na mabuhay ng napakaraming araw, na puspos ng kalungkutan. At ito ay nangyari na, na si Emer ay nagharing kahalili niya, at sinunod ang mga yapak ng kanyang ama.
- 16 At nagsimulang alising muli ng Panginoon ang sumpa sa lupain, at ang sambahayan ni Emer ay labis na umunlad sa ilalim ng paghahari ni Emer; at sa loob ng animnapu at dalawang taon sila ay naging napakalalakas, hanggang sa naging napakayayaman nila—

And now the brother of him that suffered death, (and his name was Nimrah) was angry with his father because of that which his father had done unto his brother.

And it came to pass that Nimrah gathered together a small number of men, and fled out of the land, and came over and dwelt with Omer.

And it came to pass that Akish begat other sons, and they won the hearts of the people, notwithstanding they had sworn unto him to do all manner of iniquity according to that which he desired.

Now the people of Akish were desirous for gain, even as Akish was desirous for power; wherefore, the sons of Akish did offer them money, by which means they drew away the more part of the people after them.

And there began to be a war between the sons of Akish and Akish, which lasted for the space of many years, yea, unto the destruction of nearly all the people of the kingdom, yea, even all, save it were thirty souls, and they who fled with the house of Omer.

Wherefore, Omer was restored again to the land of his inheritance.

And it came to pass that Omer began to be old; nevertheless, in his old age he begat Emer; and he anointed Emer to be king to reign in his stead.

And after that he had anointed Emer to be king he saw peace in the land for the space of two years, and he died, having seen exceedingly many days, which were full of sorrow. And it came to pass that Emer did reign in his stead, and did fill the steps of his father.

And the Lord began again to take the curse from off the land, and the house of Emer did prosper exceedingly under the reign of Emer; and in the space of sixty and two years they had become exceedingly strong, insomuch that they became exceedingly rich—

- 17 Nagtataglay ng lahat ng uri ng bungang-kahoy, at ng butil, at ng sutla, at ng maiinam na lino, at ng ginto, at ng pilak, at ng mahahalagang bagay;
- 18 At gayon din ng lahat ng uri ng baka, at ng tupa, at ng baboy, at ng kambing, at marami pang ibang uri ng mga hayop na kapaki-pakinabang na pagkain ng tao.
- 19 At mayroon din silang mga kabayo, at asno, at may mga elepante at kurilum at kumom; lahat ng yaon ay kapaki-pakinabang sa tao, at lalong higit ang mga elepante at kurilum at kumom.
- 20 At sa gayon ibinuhos ng Panginoon ang kanyang mga pagpapala sa lupaing ito, na pinili sa lahat ng iba pang lupain; at iniutos niya na sinuman ang mag-aangkin sa lupain ay nararapat na angkinin ito para sa Panginoon, o sila'y malilipol kapag hinog na sila sa kasamaan; sapagkat sa gayon, wika ng Panginoon: Ibuhos ko ang kaganapan ng aking kapootan.
- 21 At si Emer ay nagpatupad ng kahatulan sa katwiran sa lahat ng kanyang mga araw, at siya ay nagkaroon ng maraming anak na lalaki't babae; at isinilang sa kanya si Coriantum, at hinirang niya si Coriantum na magharing kahalili niya.
- 22 At matapos niyang hirangin si Coriantum na magharing kahalili niya ay nabuhay pa siya ng apat na taon, at siya ay nakakita ng kapayapaan sa lupain; oo, at nakita niya maging ang Anak ng Kabutihan, at nagsaya at nagpapuri sa kanyang araw; at siya ay namatay nang mapayapa.
- 23 At ito ay nangyari na, na si Coriantum ay sumunod sa mga yapak ng kanyang ama, at nagtayo ng maraming malalaking lunsod, at ipinamahala ang yaong makabubuti sa kanyang mga tao sa lahat ng kanyang mga araw. At ito ay nangyari na, na hindi siya nagkaroon ng anak, maging hanggang sa napakatanda na niya.
- 24 At ito ay nangyari na, na ang kanyang asawa ay namatay, na isandaan at dalawang taong gulang na. At ito ay nangyari na, na si Coriantum ay nag-asawa, sa kanyang katandaan, ng isang dalagita, at nagkaroon ng mga anak na lalaki't babae; samakatwid siya ay nabuhay hanggang sa siya ay isandaan at apatnapu at dalawang taong gulang.

Having all manner of fruit, and of grain, and of silks, and of fine linen, and of gold, and of silver, and of precious things;

And also all manner of cattle, of oxen, and cows, and of sheep, and of swine, and of goats, and also many other kinds of animals which were useful for the food of man.

And they also had horses, and asses, and there were elephants and cureloms and cumoms; all of which were useful unto man, and more especially the elephants and cureloms and cumoms.

And thus the Lord did pour out his blessings upon this land, which was choice above all other lands; and he commanded that whoso should possess the land should possess it unto the Lord, or they should be destroyed when they were ripened in iniquity; for upon such, saith the Lord: I will pour out the fulness of my wrath.

And Emer did execute judgment in righteousness all his days, and he begat many sons and daughters; and he begat Coriantum, and he anointed Coriantum to reign in his stead.

And after he had anointed Coriantum to reign in his stead he lived four years, and he saw peace in the land; yea, and he even saw the Son of Righteousness, and did rejoice and glory in his day; and he died in peace.

And it came to pass that Coriantum did walk in the steps of his father, and did build many mighty cities, and did administer that which was good unto his people in all his days. And it came to pass that he had no children even until he was exceedingly old.

And it came to pass that his wife died, being an hundred and two years old. And it came to pass that Coriantum took to wife, in his old age, a young maid, and begat sons and daughters; wherefore he lived until he was an hundred and forty and two years old.

25 At ito ay nangyari na, na isinilang sa kanya si Com, at si Com ay nagharing kahalili niya; at siya ay naghari ng apatnapu at siyam na taon, at isinilang sa kanya si Het; at nagkaroon din siya ng iba pang mga anak na lalaki't babae.

26 At ang tao ay kumalat muli sa ibabaw ng buong lupain, at muling nagsimulang magkaroon ng labis na kasamaan sa ibabaw ng lupain, at muling nagsimulang yakapin ni Het ang mga lihim na plano noong sinauna, upang mapatay ang kanyang ama.

27 At ito ay nangyari na, na naagawan niya ng trono ang kanyang ama, sapagkat kanya siyang pinatay ng sarili niyang espada; at naghari siyang kahalili niya.

28 At muling nagkaroon ng maraming propeta sa lupain, nangangaral ng pagsisisi sa kanila—na kailangan nilang ihanda ang landas ng Panginoon o magkakaroon ng isang sumpa sa ibabaw ng lupain; oo, maging sa magkakaroon ng masidhing taggutom, kung saan sila ay malilipol kung hindi sila magsisisi.

29 Subalit hindi pinaniwalaan ng mga tao ang mga salita ng mga propeta, sa halip ay kanilang itinaboy sila; at ang ilan sa kanila ay itinaon nila sa malalalim na hukay at iniwanan sila upang masawi. At ito ay nangyari na, na ginawa nila ang lahat ng bagay na ito alinsunod sa kautusan ng haring si Het.

30 At ito ay nangyari na, na nagsimulang magkaroon ng malawakang tagtuyot sa lupain, at ang mga naninirahan ay nagsimulang malipol nang napakabilis dahil sa tagtuyot, sapagkat walang ulan sa ibabaw ng lupain.

31 At may naglabasan ding mga makamandag na ahas sa ibabaw ng lupain, at tinuklaw ang maraming tao. At ito ay nangyari na, na ang kanilang mga kawan ay nagsimulang magsitakas sa harapan ng mga makamandag na ahas, patungo sa lupaing katimugan, na tinatawag ng mga Nephita na Zarahemla.

32 At ito ay nangyari na, na marami sa kanila ang nangasawi sa daanan; gayon pa man, may ilang nakatakas patungo sa lupaing katimugan.

33 At ito ay nangyari na, na pinapangyari ng Panginoon na hindi na sila tugisin pa ng mga ahas, kundi ang harangan nila ang daanan upang ang mga tao ay hindi makaraan, na ang sinumang magtangkang dumaan ay babagsak sa mga makamandag na ahas.

And it came to pass that he begat Com, and Com reigned in his stead; and he reigned forty and nine years, and he begat Heth; and he also begat other sons and daughters.

And the people had spread again over all the face of the land, and there began again to be an exceedingly great wickedness upon the face of the land, and Heth began to embrace the secret plans again of old, to destroy his father.

And it came to pass that he did dethrone his father, for he slew him with his own sword; and he did reign in his stead.

And there came prophets in the land again, crying repentance unto them—that they must prepare the way of the Lord or there should come a curse upon the face of the land; yea, even there should be a great famine, in which they should be destroyed if they did not repent.

But the people believed not the words of the prophets, but they cast them out; and some of them they cast into pits and left them to perish. And it came to pass that they did all these things according to the commandment of the king, Heth.

And it came to pass that there began to be a great dearth upon the land, and the inhabitants began to be destroyed exceedingly fast because of the dearth, for there was no rain upon the face of the earth.

And there came forth poisonous serpents also upon the face of the land, and did poison many people. And it came to pass that their flocks began to flee before the poisonous serpents, towards the land southward, which was called by the Nephites Zarahemla.

And it came to pass that there were many of them which did perish by the way; nevertheless, there were some which fled into the land southward.

And it came to pass that the Lord did cause the serpents that they should pursue them no more, but that they should hedge up the way that the people could not pass, that whoso should attempt to pass might fall by the poisonous serpents.

34 At ito ay nangyari na, na sinundan ng mga tao ang landas ng mga hayop, at nilamon ang mga patay sa kanila na bumagsak sa daanan, hanggang sa malamon na nila silang lahat. Ngayon, nang makita ng mga tao na mangangasawi na sila ay nagsimula silang magsisi ng kanilang mga kasamaan at magsumamo sa Panginoon.

35 At ito ay nangyari na, nang sapat na silang nagpakumbaba ng kanilang sarili sa harapan ng Panginoon na siya ay nagpadala ng ulan sa ibabaw ng lupain; at muling nagsimulang sumigla ang mga tao, at nagsimulang magkaroon ng bungang-kahoy sa mga hilagang bayan, at sa lahat ng bayan sa paligid. At ipinakita sa kanila ng Panginoon ang kanyang kapangyarihan sa pangangalaga sa kanila mula sa taggutom.

And it came to pass that the people did follow the course of the beasts, and did devour the carcasses of them which fell by the way, until they had devoured them all. Now when the people saw that they must perish they began to repent of their iniquities and cry unto the Lord.

And it came to pass that when they had humbled themselves sufficiently before the Lord he did send rain upon the face of the earth; and the people began to revive again, and there began to be fruit in the north countries, and in all the countries round about. And the Lord did show forth his power unto them in preserving them from famine.



## Ether 10

- 1 At ito ay nangyari na, na si Shez, na isang inapo ni Het—sapagkat si Het ay nasawi sa pamamagitan ng taggutom, at ang buo niyang sambahayan maliban kay Shez—dahil dito, muling nagsimulang buuin ni Shez ang isang nagkawatak-watak na mga tao.
- 2 At ito ay nangyari na, na naalaala ni Shez ang naging pagkalipol ng kanyang mga ama, at siya ay nagtayo ng isang mabuting kaharian; sapagkat naalaala niya kung ano ang ginawa ng Panginoon sa pagdadala kay Jared at sa kanyang kapatid na lalaki sa kabila ng malawak na kailaliman; at lumakad siya sa mga landas ng Panginoon; at siya ay nagkaroon ng mga anak na lalaki't babae.
- 3 At ang kanyang pinakamatandang anak na lalaki, na ang pangalan ay Shez, ay naghimagsik laban sa kanya; gayon pa man, si Shez ay pinahirapan ng kamay ng isang manloloob, dahil sa kanyang labis na kayamanan, na muling nagdulot ng kapayapaan sa kanyang ama.
- 4 At ito ay nangyari na, na ang kanyang ama ay nagtayo ng maraming lunsod sa ibabaw ng lupain, at muling nagsimulang kumalat ang mga tao sa ibabaw ng buong lupain. At si Shez ay nabuhay sa labis na katandaan; at isinilang sa kanya si Riplakis. At siya ay namatay, at si Riplakis ay nagharing kahalili niya.
- 5 At ito ay nangyari na, na hindi ginawa ni Riplakis ang yaong tama sa paningin ng Panginoon, sapagkat siya ay nagkaroon ng maraming asawa't kalunya, at iniatang sa balikat ng mga tao ang yaong napakabigat pasanin; oo, kanyang pinatawan sila ng mabibigat na buwis; at sa pamamagitan ng mga buwis siya ay nagpatayo ng maraming maluwang na gusali.
- 6 At siya ay nagpatayo ng isang napakagandang trono; at siya ay nagpatayo ng maraming bilangguan, at sinuman ang hindi paiilalim sa mga buwis ay ipinatatapon niya sa bilangguan; at sinuman ang hindi nakababayad ng buwis ay ipinatatapon niya sa bilangguan; at iniutos niya na patuloy silang gumawa para sa kanilang ikabubuhay; at sinuman ang tumangging gumawa ay ipinapapatay niya.

## Ether 10

And it came to pass that Shez, who was a descendant of Heth—for Heth had perished by the famine, and all his household save it were Shez—wherefore, Shez began to build up again a broken people.

And it came to pass that Shez did remember the destruction of his fathers, and he did build up a righteous kingdom; for he remembered what the Lord had done in bringing Jared and his brother across the deep; and he did walk in the ways of the Lord; and he begat sons and daughters.

And his eldest son, whose name was Shez, did rebel against him; nevertheless, Shez was smitten by the hand of a robber, because of his exceeding riches, which brought peace again unto his father.

And it came to pass that his father did build up many cities upon the face of the land, and the people began again to spread over all the face of the land. And Shez did live to an exceedingly old age; and he begat Riplakish. And he died, and Riplakish reigned in his stead.

And it came to pass that Riplakish did not do that which was right in the sight of the Lord, for he did have many wives and concubines, and did lay that upon men's shoulders which was grievous to be borne; yea, he did tax them with heavy taxes; and with the taxes he did build many spacious buildings.

And he did erect him an exceedingly beautiful throne; and he did build many prisons, and whoso would not be subject unto taxes he did cast into prison; and whoso was not able to pay taxes he did cast into prison; and he did cause that they should labor continually for their support; and whoso refused to labor he did cause to be put to death.

- 7 Samakatwid nakuha niya ang lahat ng kanyang maiinam na gayak, oo, maging ang kanyang maiinam na ginto ay iniutos niyang ipalantay sa bilangguan; at lahat ng uri ng maiinam na pagkakayari ay pinapangyari niyang isagawa sa bilangguan. At ito ay nangyari na, na pinahirapan niya ang mga tao sa pamamagitan ng kanyang mga pagpapatutot at karumal-dumal na gawain.
- 8 At nang makapaghari na siya sa loob ng apatnapu at dalawang taon, ang mga tao ay nag-aklas sa paghihimagsik laban sa kanya; at nagsimulang magkaroong muli ng digmaan sa lupain, hanggang sa si Riplakis ay napatay, at ang kanyang mga inapo ay itinaboy palabas ng lupain.
- 9 At ito ay nangyari na, matapos lumipas ang maraming taon, si Morianton, (siya na isang inapo ni Riplakis) ay nangalap ng isang hukbo ng mga itinakwil, at humayo, at nakidigma sa mga tao; at nakuha niya ang kapangyarihan sa maraming lunsod; at ang digmaan ay naging napakasadhi, at tumagal sa loob ng maraming taon; at nakuha niya ang kapangyarihan sa buong lupain, at iniluklok ang kanyang sarili bilang hari ng buong lupain.
- 10 At matapos niyang iluklok ang kanyang sarili bilang hari ay pinagaan niya ang mga pasanin ng mga tao, sa gayon ay nakuha niya ang pagsang-ayon sa paningin ng mga tao, at kanilang hinirang siya na maging hari nila.
- 11 At siya ay naging makatarungan sa mga tao, subalit hindi sa kanyang sarili dahil sa kanyang maraming pagpapatutot; kaya nga, siya ay nahibalik mula sa harapan ng Panginoon.
- 12 At ito ay nangyari na, na si Morianton ay nagtayo ng maraming lunsod, at ang mga tao ay naging napakayayaman sa ilalim ng kanyang paghahari, kapwa sa mga gusali, at sa ginto at pilak, at sa pagpapatubo ng mga butil, at sa mga kawan ng tupa, at baka, at ng gayong mga bagay na ibinalik sa kanila.
- 13 At si Morianton ay nabuhay sa labis na katandaan, at pagkatapos ay isinilang sa kanya si Kim; at si Kim ay nagharing kahalili ng kanyang ama; at siya ay naghari ng walong taon, at ang kanyang ama ay namatay. At ito ay nangyari na, na si Kim ay hindi naghari sa katwiran, kaya nga, siya ay hindi pinagpala ng Panginoon.

Wherefore he did obtain all his fine work, yea, even his fine gold he did cause to be refined in prison; and all manner of fine workmanship he did cause to be wrought in prison. And it came to pass that he did afflict the people with his whoredoms and abominations.

And when he had reigned for the space of forty and two years the people did rise up in rebellion against him; and there began to be war again in the land, insomuch that Riplakish was killed, and his descendants were driven out of the land.

And it came to pass after the space of many years, Morianton, (he being a descendant of Riplakish) gathered together an army of outcasts, and went forth and gave battle unto the people; and he gained power over many cities; and the war became exceedingly sore, and did last for the space of many years; and he did gain power over all the land, and did establish himself king over all the land.

And after that he had established himself king he did ease the burden of the people, by which he did gain favor in the eyes of the people, and they did anoint him to be their king.

And he did do justice unto the people, but not unto himself because of his many whoredoms; wherefore he was cut off from the presence of the Lord.

And it came to pass that Morianton built up many cities, and the people became exceedingly rich under his reign, both in buildings, and in gold and silver, and in raising grain, and in flocks, and herds, and such things which had been restored unto them.

And Morianton did live to an exceedingly great age, and then he begat Kim; and Kim did reign in the stead of his father; and he did reign eight years, and his father died. And it came to pass that Kim did not reign in righteousness, wherefore he was not favored of the Lord.

14 At ang kanyang kapatid na lalaki ay nag-aklas sa paghihimagsik laban sa kanya, sa gayong paraan siya ay nadala niya sa pagkabihag; at nanatili siya sa pagkabihag sa lahat ng kanyang mga araw; at siya ay nagkaroon ng mga anak na lalaki't babae sa pagkabihag, at sa kanyang katandaan ay isinilang sa kanya si Levi; at siya ay namatay.

15 At ito ay nangyari na, na si Levi ay nagsilbi sa pagkabihag matapos ang kamatayan ng kanyang ama, sa loob ng apatnapu at dalawang taon. At siya ay nakidigma laban sa hari ng lupain, sa gayong paraan ay nakuha niya para sa kanyang sarili ang kaharian.

16 At matapos niyang makuha ang kaharian para sa kanyang sarili ay ginawa niya ang yaong tama sa paningin ng Panginoon; at ang mga tao ay umunlad sa lupain; at siya ay nabuhay sa mainam na katandaan, at nagkaroon ng mga anak na lalaki't babae; at isinilang din sa kanya si Corom, na siyang hinirang niyang hari bilang kahalili niya.

17 At ito ay nangyari na, na ginawa ni Corom ang yaong mabuti sa paningin ng Panginoon sa lahat ng kanyang mga araw; at siya ay nagkaroon ng maraming anak na lalaki't babae; at matapos siyang mabuhay ng maraming araw siya ay namatay, maging tulad ng iba pa sa mundo; at si Kis ay nagharing kahalili niya.

18 At ito ay nangyari na, na si Kis ay namatay rin, at si Lib ay nagharing kahalili niya.

19 At ito ay nangyari na, na ginawa rin ni Lib ang yaong mabuti sa paningin ng Panginoon. At sa araw ni Lib ay napuksa ang mga makamandag na ahas. Anupa't sila ay nagtungo sa lupaing katimugan, upang mangaso ng pagkain para sa mga tao ng lupain, sapagkat ang lupain ay puno ng mga hayop ng kagubatan. At si Lib din ay naging mahusay na mangangaso.

20 At sila ay nagtayo ng isang lunsod sa makitid na daanan ng lupain, sa dako kung saan hinahati ng dagat ang lupain.

21 At inilaan nila ang lupaing katimugan na isang ilang, upang makapangaso. At ang lahat ng dako ng lupaing kahalagaan ay napuno ng mga naninirahan.

22 At sila'y lubhang masisipag, at sila ay bumibili at naglalako at nakikipagkalakalan sa isa't isa upang sila ay kumita.

And his brother did rise up in rebellion against him, by which he did bring him into captivity; and he did remain in captivity all his days; and he begat sons and daughters in captivity, and in his old age he begat Levi; and he died.

And it came to pass that Levi did serve in captivity after the death of his father, for the space of forty and two years. And he did make war against the king of the land, by which he did obtain unto himself the kingdom.

And after he had obtained unto himself the kingdom he did that which was right in the sight of the Lord; and the people did prosper in the land; and he did live to a good old age, and begat sons and daughters; and he also begat Corom, whom he anointed king in his stead.

And it came to pass that Corom did that which was good in the sight of the Lord all his days; and he begat many sons and daughters; and after he had seen many days he did pass away, even like unto the rest of the earth; and Kish reigned in his stead.

And it came to pass that Kish passed away also, and Lib reigned in his stead.

And it came to pass that Lib also did that which was good in the sight of the Lord. And in the days of Lib the poisonous serpents were destroyed. Wherefore they did go into the land southward, to hunt food for the people of the land, for the land was covered with animals of the forest. And Lib also himself became a great hunter.

And they built a great city by the narrow neck of land, by the place where the sea divides the land.

And they did preserve the land southward for a wilderness, to get game. And the whole face of the land northward was covered with inhabitants.

And they were exceedingly industrious, and they did buy and sell and traffic one with another, that they might get gain.

23 At sila ay gumawa ng lahat ng uri ng inang mina, at sila ay gumawa ng ginto, at pilak, at bakal, at tanso, at lahat ng uri ng metal; at hinukay nila ito mula sa lupa; anupa't sila ay nagtapon ng malalaking buntong ng lupa upang kumuha ng inang mina, ng ginto, at ng pilak, at ng bakal, at ng tumbaga. At sila ay gumawa ng lahat ng uri ng maiinam na pagkakayari.

24 At sila ay may mga sutla, at maiinam na hinabing lino; at sila ay gumawa ng lahat ng uri ng kayo, upang madamitan nila ang kanilang sarili mula sa kanilang kahubaran.

25 At sila ay gumawa ng lahat ng uri ng kagamitan upang bungkalin ang lupa, kapwa upang mag-araro at magtanim, upang umani at mag-asarol, at gayon din upang gumiik.

26 At sila ay gumawa ng lahat ng uri ng kagamitan kung saan ay pinagawa nila ang kanilang mga hayop.

27 At sila ay gumawa ng lahat ng uri ng sandata ng digmaan. At sila ay gumawa ng lahat ng uri ng pagkakayaring labis na mahuhusay ang pagkakagawa.

28 At kailanma'y walang taong higit na pinagpala kaysa sa kanila, at higit na pinaunlad ng kamay ng Panginoon. At sila ay nasa lupaing pinili sa lahat ng lupain, sapagkat ito ang wika ng Panginoon.

29 At ito ay nangyari na, na si Lib ay nabuhay ng maraming taon, at nagkaroon ng mga anak na lalaki't babae; at isinilang din sa kanya si Hertum.

30 At ito ay nangyari na, na si Hertum ay nagharing kahalili ng kanyang ama. At nang si Hertum ay makapaghari na ng dalawampu at apat na taon, masdan, inagaw mula sa kanya ang kaharian. At siya ay nanilbihan ng maraming taon sa pagkabihag, oo, maging sa lahat ng nalalabi niyang mga araw.

31 At isinilang sa kanya si Het, at si Het ay namuhay sa pagkabihag sa lahat ng kanyang mga araw. At isinilang kay Het si Aaron, at si Aaron ay namalagi sa pagkabihag sa lahat ng kanyang mga araw; at isinilang sa kanya si Amnigadas, at si Amnigadas ay namalagi rin sa pagkabihag sa lahat ng kanyang mga araw; at isinilang sa kanya si Coriantum, at si Coriantum ay namalagi sa pagkabihag sa lahat ng kanyang mga araw; at isinilang sa kanya si Com.

And they did work in all manner of ore, and they did make gold, and silver, and iron, and brass, and all manner of metals; and they did dig it out of the earth; wherefore, they did cast up mighty heaps of earth to get ore, of gold, and of silver, and of iron, and of copper. And they did work all manner of fine work.

And they did have silks, and fine-twined linen; and they did work all manner of cloth, that they might clothe themselves from their nakedness.

And they did make all manner of tools to till the earth, both to plow and to sow, to reap and to hoe, and also to thrash.

And they did make all manner of tools with which they did work their beasts.

And they did make all manner of weapons of war. And they did work all manner of work of exceedingly curious workmanship.

And never could be a people more blessed than were they, and more prospered by the hand of the Lord. And they were in a land that was choice above all lands, for the Lord had spoken it.

And it came to pass that Lib did live many years, and begat sons and daughters; and he also begat Hearthom.

And it came to pass that Hearthom reigned in the stead of his father. And when Hearthom had reigned twenty and four years, behold, the kingdom was taken away from him. And he served many years in captivity, yea, even all the remainder of his days.

And he begat Heth, and Heth lived in captivity all his days. And Heth begat Aaron, and Aaron dwelt in captivity all his days; and he begat Amnigaddah, and Amnigaddah also dwelt in captivity all his days; and he begat Coriantum, and Coriantum dwelt in captivity all his days; and he begat Com.

32 At ito ay nangyari na, na nahimok ni Com palayo ang kalahati ng kaharian. At siya ay naghari sa kalahati ng kaharian ng apatnapu at dalawang taon; at siya ay nakidigma laban sa hari, na si Amgid, at sila ay naglaban sa loob ng maraming taon, kung saan ay nakakuha ng kapangyarihan si Com kay Amgid, at natamo ang kapangyarihan sa nalalabi pa sa kaharian.

33 At sa mga araw ni Com ay nagsimulang magkaroon ng mga tulisan sa lupain; at sinunod nila ang mga lumang plano, at inihayag ang mga sumpa alinsunod sa pamamaraan ng mga sinauna, at muling naghangad na wasakin ang kaharian.

34 Ngayon, si Com ay labis na nakipaglaban sa kanila; gayon pa man, siya ay hindi namayani laban sa kanila.

And it came to pass that Com drew away the half of the kingdom. And he reigned over the half of the kingdom forty and two years; and he went to battle against the king, Amgid, and they fought for the space of many years, during which time Com gained power over Amgid, and obtained power over the remainder of the kingdom.

And in the days of Com there began to be robbers in the land; and they adopted the old plans, and administered oaths after the manner of the ancients, and sought again to destroy the kingdom.

Now Com did fight against them much; nevertheless, he did not prevail against them.

## Ether 11

- 1 At nagkaroon din ng maraming propeta sa mga araw ni Com, at iprinopesiya ang pagkalipol ng mga yaong makapangyarihang tao maliban kung sila ay magsisisi, at bumaling sa Panginoon, at talikdan ang kanilang mga pagpaslang at kasamaan.
- 2 At ito ay nangyari na, na ang mga propeta ay itinakwil ng mga tao, at sila ay nagsitakas patungo kay Com upang mapangalagaan, sapagkat hinangad ng mga tao na patayin sila.
- 3 At sila ay nagpropesiya ng maraming bagay kay Com; at siya ay pinagpala sa lahat ng nalalabi niyang mga araw.
- 4 At siya ay nabuhay sa mainam na katandaan, at isinilang sa kanya si Siblom; at si Siblom ay nagharing kahalili niya. At ang kapatid na lalaki ni Siblom ay naghimagsik laban sa kanya, at nagsimulang magkaroon ng napakasidhing digmaan sa buong lupain.
- 5 At ito ay nangyari na, na pinapangyaring ipapatay ng kapatid na lalaki ni Siblom ang mga propetang nagpropesiya ng pagkalipol ng mga tao;
- 6 At nagkaroon ng masidhing sakuna sa buong lupain, sapagkat sila ay nagpatotoo na isang kakilakilabot na sumpa ang darating sa lupain, at gayon din sa mga tao, at na magkakaroon ng malaking pagkalipol sa kanila, na kailanman ay hindi pa nangyayari sa balat ng lupa, at ang kanilang mga buto ay matutulad sa mga bunton ng lupa sa ibabaw ng lupain maliban kung sila ay magsisisi ng kanilang kasamaan.
- 7 At hindi nila pinakinggan ang tinig ng Panginoon, dahil sa kanilang masasamang pakikipagsabwatan; anupa't nagsimulang magkaroon ng mga digmaan at alitan sa buong lupain, at gayon din ng maraming taggutom at salot, hanggang sa magkaroon ng masidhing pagkawasak, na kailanman ay hindi pa nalalaman sa balat ng lupa; at ang lahat ng ito'y nangyari sa mga araw ni Siblom.
- 8 At ang mga tao ay nagsimulang magsisi ng kanilang kasamaan; at nang gawin nila ito ang Panginoon ay naawa sa kanila.
- 9 At ito ay nangyari na, na si Siblom ay napatay, at si Set ay nadala sa pagkabihag, at namalagi sa pagkabihag sa lahat ng kanyang mga araw.

## Ether 11

And there came also in the days of Com many prophets, and prophesied of the destruction of that great people except they should repent, and turn unto the Lord, and forsake their murders and wickedness.

And it came to pass that the prophets were rejected by the people, and they fled unto Com for protection, for the people sought to destroy them.

And they prophesied unto Com many things; and he was blessed in all the remainder of his days.

And he lived to a good old age, and begat Shiblom; and Shiblom reigned in his stead. And the brother of Shiblom rebelled against him, and there began to be an exceedingly great war in all the land.

And it came to pass that the brother of Shiblom caused that all the prophets who prophesied of the destruction of the people should be put to death;

And there was great calamity in all the land, for they had testified that a great curse should come upon the land, and also upon the people, and that there should be a great destruction among them, such an one as never had been upon the face of the earth, and their bones should become as heaps of earth upon the face of the land except they should repent of their wickedness.

And they hearkened not unto the voice of the Lord, because of their wicked combinations; wherefore, there began to be wars and contentions in all the land, and also many famines and pestilences, inasmuch that there was a great destruction, such an one as never had been known upon the face of the earth; and all this came to pass in the days of Shiblom.

And the people began to repent of their iniquity; and inasmuch as they did the Lord did have mercy on them.

And it came to pass that Shiblom was slain, and Seth was brought into captivity, and did dwell in captivity all his days.

- 10 At ito ay nangyari na, na si Ahas, na kanyang anak na lalaki, ang nagtamo ng kaharian; at siya ay naghari sa mga tao sa lahat ng kanyang mga araw. At ginawa niya ang lahat ng uri ng kasamaan sa kanyang mga araw, sa gayong paraan pinapangyari niya ang pagdanak ng maraming dugo; at kakaunti ang kanyang mga araw.
- 11 At si Etem, dahil sa inapo siya ni Ahas, ay natamo ang kaharian; at ginawa rin niya ang yaong masama sa kanyang mga araw.
- 12 At ito ay nangyari na, na sa mga araw ni Etem ay nagkaroon ng maraming propeta, at muling nagpropesiya sa mga tao; oo, sila ay nagpropesiya na ang Panginoon ay lubusan silang lilipulin mula sa balat ng lupa maliban kung sila ay magsisisi ng kanilang mga kasamaan.
- 13 At ito ay nangyari na, na pinatigas ng mga tao ang kanilang mga puso, at tumangging makinig sa kanilang mga salita; at ang mga propeta ay nagdalamhati at nagsilayo mula sa mga tao.
- 14 At ito ay nangyari na, na si Etem ay nagpatupad ng kahatulan sa kasamaan sa lahat ng kanyang mga araw; at isinilang sa kanya si Moron. At ito ay nangyari na, na si Moron ay nagharing kahalili niya; at ginawa ni Moron ang yaong masama sa harapan ng Panginoon.
- 15 At ito ay nangyari na, na nagkaroon ng himagsikan sa mga tao, dahil sa yaong lihim na pakikipagsabwatan na itinatag upang mag-angkin ng kapangyarihan at makinabang; at may lumitaw na isang makapangyarihang lalaki sa kasamaan sa kanila, at nakidigma kay Moron, kung saan ay napabagsak niya ang kalahati ng kaharian; at napanatili niya ang kalahati ng kaharian ng maraming taon.
- 16 At ito ay nangyari na, na napabagsak siya ni Moron, at muling natamo ang kaharian.
- 17 At ito ay nangyari na, na may isa pang makapangyarihang lalaki ang lumitaw; at siya ay isang inapo ng kapatid ni Jared.
- 18 At ito ay nangyari na, na napabagsak niya si Moron at natamo ang kaharian; anupa't si Moron ay namalagi sa pagkabihag sa lahat ng nalalabi niyang mga araw; at isinilang sa kanya si Coriantor.

And it came to pass that Ahah, his son, did obtain the kingdom; and he did reign over the people all his days. And he did do all manner of iniquity in his days, by which he did cause the shedding of much blood; and few were his days.

And Ethem, being a descendant of Ahah, did obtain the kingdom; and he also did do that which was wicked in his days.

And it came to pass that in the days of Ethem there came many prophets, and prophesied again unto the people; yea, they did prophesy that the Lord would utterly destroy them from off the face of the earth except they repented of their iniquities.

And it came to pass that the people hardened their hearts, and would not hearken unto their words; and the prophets mourned and withdrew from among the people.

And it came to pass that Ethem did execute judgment in wickedness all his days; and he begat Moron. And it came to pass that Moron did reign in his stead; and Moron did that which was wicked before the Lord.

And it came to pass that there arose a rebellion among the people, because of that secret combination which was built up to get power and gain; and there arose a mighty man among them in iniquity, and gave battle unto Moron, in which he did overthrow the half of the kingdom; and he did maintain the half of the kingdom for many years.

And it came to pass that Moron did overthrow him, and did obtain the kingdom again.

And it came to pass that there arose another mighty man; and he was a descendant of the brother of Jared.

And it came to pass that he did overthrow Moron and obtain the kingdom; wherefore, Moron dwelt in captivity all the remainder of his days; and he begat Coriantor.

- 19 At ito ay nangyari na, na si Coriantor ay namalagi sa pagkabihag sa lahat ng kanyang mga araw.
- 20 At sa mga araw ni Coriantor ay nagkaroon din ng maraming propeta, at nagpropesiya ng mga dakila at kagila-gilalas na bagay, at nangaral ng pagsisisi sa mga tao, at maliban kung sila ay magsisisi, ang Panginoong Diyos ay magpapatupad ng kahatulan laban sa kanila hanggang sa kanilang lubusang pagkalipol;
- 21 At na ang Panginoong Diyos ay magpapatupad o magsusugo ng ibang mga tao upang angkinin ang lupain, sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan, alinsunod sa pamamaraan kung paano niya dinala ang kanilang mga ama.
- 22 At kanilang tinanggihan ang lahat ng salita ng mga propeta, dahil sa kanilang lihim na samahan at masasamang karumal-dumal na gawain.
- 23 At ito ay nangyari na, na isinilang kay Coriantor si Eter, at siya ay namatay, matapos mamalagi sa pagkabihag sa lahat ng kanyang mga araw.

And it came to pass that Coriantor dwelt in captivity all his days.

And in the days of Coriantor there also came many prophets, and prophesied of great and marvelous things, and cried repentance unto the people, and except they should repent the Lord God would execute judgment against them to their utter destruction;

And that the Lord God would send or bring forth another people to possess the land, by his power, after the manner by which he brought their fathers.

And they did reject all the words of the prophets, because of their secret society and wicked abominations.

And it came to pass that Coriantor begat Ether, and he died, having dwelt in captivity all his days.



## Ether 12

- 1 At ito ay nangyari na, na ang mga araw ni Eter ay nasa mga araw ni Coriantumer; at si Coriantumer ang hari ng buong lupain.
- 2 At si Eter ay isang propeta ng Panginoon; samakatwid si Eter ay lumitaw sa mga araw ni Coriantumer, at nagsimulang magpropesiya sa mga tao, sapagkat hindi siya magawang pigilin dahil sa Espiritu ng Panginoon na nasa kanya.
- 3 Sapagkat siya ay nagsumamo mula sa umaga, maging hanggang sa paglubog ng araw, pinapayuhan ang mga tao na maniwala sa Diyos tungo sa pagsisisi at baka sila malipol, sinasabi sa kanila na sa pamamagitan ng pananampalataya ang lahat ng bagay ay naisasakatuparan—
- 4 Kaya nga, sinuman ang maniwala sa Diyos ay maaaring umasa nang may katiyakan para sa isang daigdig na higit na mainam, oo, maging isang lugar sa kanang kamay ng Diyos, kung aling pag-asa ay bunga ng pananampalataya, na gumagawa ng isang daungan sa mga kaluluwa ng tao, na siyang magbibigay sa kanila ng katiyakan at katatagan, nananagana sa tuwina sa mabubuting gawa, inaakay na purihin ang Diyos.
- 5 At ito ay nangyari na, na si Eter ay nagpropesiya ng mga dakila at kagila-gilalas na bagay sa mga tao, na hindi nila pinaniwalaan, dahil sa hindi nila nakita ang mga ito.
- 6 At ngayon, ako, si Moroni, ay mangungusap nang bahagya hinggil sa mga bagay na ito; ipakikita ko sa sanlibutan na ang pananampalataya ay mga bagay na inaasahan at hindi nakikita; kaya nga, huwag magtalu-talo dahil sa hindi ninyo nakikita, sapagkat wala kayong matatanggap na patunay hangga't hindi natatapos ang pagsubok sa inyong pananampalataya.
- 7 Sapagkat sa pamamagitan ng pananampalataya ay ipinakita ni Cristo ang kanyang sarili sa ating mga ama, matapos siyang bumangon mula sa patay; at hindi niya ipinakita ang kanyang sarili sa kanila hanggang sa nagkaroon muna sila ng pananampalataya sa kanya; anupa't kinakailangan na may pananampalataya sa kanya ang ilan, sapagkat hindi niya ipakikita ang kanyang sarili sa sanlibutan.

## Ether 12

And it came to pass that the days of Ether were in the days of Coriantumr; and Coriantumr was king over all the land.

And Ether was a prophet of the Lord; wherefore Ether came forth in the days of Coriantumr, and began to prophesy unto the people, for he could not be restrained because of the Spirit of the Lord which was in him.

For he did cry from the morning, even until the going down of the sun, exhorting the people to believe in God unto repentance lest they should be destroyed, saying unto them that by faith all things are fulfilled—

Wherefore, whoso believeth in God might with surety hope for a better world, yea, even a place at the right hand of God, which hope cometh of faith, maketh an anchor to the souls of men, which would make them sure and steadfast, always abounding in good works, being led to glorify God.

And it came to pass that Ether did prophesy great and marvelous things unto the people, which they did not believe, because they saw them not.

And now, I, Moroni, would speak somewhat concerning these things; I would show unto the world that faith is things which are hoped for and not seen; wherefore, dispute not because ye see not, for ye receive no witness until after the trial of your faith.

For it was by faith that Christ showed himself unto our fathers, after he had risen from the dead; and he showed not himself unto them until after they had faith in him; wherefore, it must needs be that some had faith in him, for he showed himself not unto the world.

- 8 Subalit dahil sa pananampalataya ng mga tao ay ipinakita niya ang kanyang sarili sa sanlibutan, at niluwalhati ang pangalan ng Ama, at naghanda ng daan nang sa gayon ang iba ay maaaring maging kabahagi sa makalangit na handog, upang sila ay umasa sa mga yaong bagay na hindi nila nakikita.
- 9 Kaya nga, maaari rin kayong magkaroon ng pag-asa, at maging kabahagi ng handog, kung kayo ay magkakaroon lamang ng pananampalataya.
- 10 Masdan sa pamamagitan ng pananampalataya silang mga sinauna ay tinawag alinsunod sa banal na orden ng Diyos.
- 11 Anupa't sa pamamagitan ng pananampalataya ang mga batas ni Moises ay ibinigay. Subalit sa paghahandog ng kanyang Anak, ang Diyos ay naghanda ng higit na mabuting paraan; at sa pamamagitan ng pananampalataya kung kaya't ito ay naisakatuparan.
- 12 Sapagkat kung walang pananampalataya sa mga anak ng tao, ang Diyos ay hindi makagagawa ng himala sa kanila; anupa't hindi niya ipinakita ang kanyang sarili hanggang sa sila muna ay nagkaroon ng pananampalataya.
- 13 Masdan, ang pananampalataya nina Alma at Amulek ang dahilan ng pagguho ng bilangguan sa lupa.
- 14 Masdan, ang pananampalataya nina Nephi at Lehi ang gumawa ng pagbabago sa mga Lamanita, kung kaya't sila ay nabinyagan ng apoy at ng Espiritu Santo.
- 15 Masdan, ang pananampalataya ni Ammon at ng kanyang mga kapatid ang gumawa ng napakalaking himala sa mga Lamanita.
- 16 Oo, at maging silang lahat na gumawa ng mga himala ay nagawa ang mga ito sa pamamagitan ng pananampalataya, maging ang mga yaong nauna kay Cristo at gayon din ang mga yaong sumunod.
- 17 At sa pamamagitan ng pananampalataya ang tatlong disipulo ay nagtamo ng isang pangako na hindi sila makatitikim ng kamatayan; at hindi nila natamo ang pangako hanggang sa nagkaroon muna sila ng pananampalataya.

But because of the faith of men he has shown himself unto the world, and glorified the name of the Father, and prepared a way that thereby others might be partakers of the heavenly gift, that they might hope for those things which they have not seen.

Wherefore, ye may also have hope, and be partakers of the gift, if ye will but have faith.

Behold it was by faith that they of old were called after the holy order of God.

Wherefore, by faith was the law of Moses given. But in the gift of his Son hath God prepared a more excellent way; and it is by faith that it hath been fulfilled.

For if there be no faith among the children of men God can do no miracle among them; wherefore, he showed not himself until after their faith.

Behold, it was the faith of Alma and Amulek that caused the prison to tumble to the earth.

Behold, it was the faith of Nephi and Lehi that wrought the change upon the Lamanites, that they were baptized with fire and with the Holy Ghost.

Behold, it was the faith of Ammon and his brethren which wrought so great a miracle among the Lamanites.

Yea, and even all they who wrought miracles wrought them by faith, even those who were before Christ and also those who were after.

And it was by faith that the three disciples obtained a promise that they should not taste of death; and they obtained not the promise until after their faith.

18 At ni hindi kailanman nakagawa ang sinuman ng mga himala hanggang sa sila muna ay nagkaroon ng pananampalataya; anupa't sila ay unang naniwala sa Anak ng Diyos.

19 At marami na ang pananampalataya ay napakalakas, maging bago pa pumarito si Cristo, na hindi maaaring pagbawalan mula sa loob ng tabing, kundi tunay na namalas ng kanilang mga mata ang mga bagay na namasdan nila sa pamamagitan ng mata ng pananampalataya, at sila ay nagalak.

20 At masdan, nakita natin sa talaang ito na isa sa kanila ang kapatid ni Jared; sapagkat napakalaki ng kanyang pananampalataya sa Diyos, kung kaya't nang iunat ng Diyos ang kanyang daliri ay hindi niya ito nagawang itago mula sa paningin ng kapatid ni Jared, dahil sa kanyang salita na sinabi niya sa kanya, kung aling salita ay natamo niya sa pamamagitan ng pananampalataya.

21 At matapos mamasdan ng kapatid ni Jared ang daliri ng Panginoon, dahil sa pangakong natamo ng kapatid ni Jared sa pamamagitan ng pananampalataya, ay hindi nagawang ipagkait ng Panginoon ang alinmang bagay mula sa kanyang paningin; kaya nga, ipinakita niya sa kanya ang lahat ng bagay, sapagkat hindi na siya mapagbabawalan pa sa labas ng tabing.

22 At sa pamamagitan ng pananampalataya ay natamo ng aking mga ama ang pangako na ipahahayag ang mga bagay na ito sa kanilang mga kapatid sa pamamagitan ng mga Gentil; kaya nga, ako ay inutusan ng Panginoon, oo, maging ni Jesucristo.

23 At sinabi ko sa kanya: Panginoon, kukutyain ng mga Gentil ang mga bagay na ito, dahil sa aming kahinaan sa pagsusulat; sapagkat Panginoon, ginawa ninyo kaming mahusay sa pananalita sa pamamagitan ng pananampalataya, subalit hindi ninyo kami ginawang mahusay sa pagsusulat; sapagkat ginawa ninyo na ang lahat ng taong ito ay makapangusap nang labis, dahil sa Espiritu Santo na ipinagkaloob ninyo sa kanila;

And neither at any time hath any wrought miracles until after their faith; wherefore they first believed in the Son of God.

And there were many whose faith was so exceedingly strong, even before Christ came, who could not be kept from within the veil, but truly saw with their eyes the things which they had beheld with an eye of faith, and they were glad.

And behold, we have seen in this record that one of these was the brother of Jared; for so great was his faith in God, that when God put forth his finger he could not hide it from the sight of the brother of Jared, because of his word which he had spoken unto him, which word he had obtained by faith.

And after the brother of Jared had beheld the finger of the Lord, because of the promise which the brother of Jared had obtained by faith, the Lord could not withhold anything from his sight; wherefore he showed him all things, for he could no longer be kept without the veil.

And it is by faith that my fathers have obtained the promise that these things should come unto their brethren through the Gentiles; therefore the Lord hath commanded me, yea, even Jesus Christ.

And I said unto him: Lord, the Gentiles will mock at these things, because of our weakness in writing; for Lord thou hast made us mighty in word by faith, but thou hast not made us mighty in writing; for thou hast made all this people that they could speak much, because of the Holy Ghost which thou hast given them;

- 24 At ginawa ninyo na kami ay makapagsulat lamang ng kakaunti, dahil sa pagkasaliwa ng aming mga kamay. Masdan, hindi ninyo kami ginawang mahusay sa pagsusulat na tulad ng kapatid ni Jared, sapagkat ginawa ninyong dakila ang mga bagay na kanyang isinulat maging tulad ninyo, tungo sa pagkadaig ng tao sa pagbabasa ng mga ito.
- 25 Ginawa rin ninyong makapangyarihan at dakila ang aming mga salita, maging sa hindi namin maisulat ang mga ito; kaya nga, kapag kami ay nagsusulat namamasdan namin ang aming kahinaan, at natitiso dahil sa pagsasaayos ng aming mga salita; at ako ay natatakot na baka kutyain ng mga Gentil ang aming mga salita.
- 26 At nang sabihin ko ito, ang Panginoon ay nangusap sa akin, sinasabing: Ang mga hangal ay nangungutya, subalit sila ay magdadalamhati; at ang aking biyaya ay sapat para sa maaamo, na hindi sila magsasamantala sa inyong kahinaan;
- 27 At kung ang mga tao ay lalapit sa akin ay ipakikita ko sa kanila ang kanilang kahinaan. Ako ay nagbibigay ng kahinaan sa mga tao upang sila ay magpakumbaba; at ang aking biyaya ay sapat para sa lahat ng taong magpapakumbaba ng kanilang sarili sa aking harapan; sapagkat kung magpapakumbaba sila ng kanilang sarili sa aking harapan, at magkakaroon ng pananampalataya sa akin, sa gayon ay gagawin ko ang mahihinang bagay na maging malalakas sa kanila.
- 28 Masdan, ipakikita ko sa mga Gentil ang kanilang kahinaan, at ipakikita ko sa kanila na ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa-tao ay nagdadala sa akin—ng bukal ng lahat ng kabutihan.
- 29 At ako, si Moroni, matapos na marinig ang mga salitang ito, ay naaliw, at nagsabi: O Panginoon, ang inyong mabuting kalooban ay matutupad, sapagkat nalalaman ko na gumagawa kayo sa mga anak ng tao alinsunod sa kanilang pananampalataya;
- 30 Sapagkat sinabi ng kapatid ni Jared sa bundok ng Zerim, Kilos—at ito ay kumilos. At kung siya ay walang pananampalataya hindi sana ito natinag; samakatwid dito, kayo ay gumagawa matapos magkaroon ng pananampalataya ang mga tao.

And thou hast made us that we could write but little, because of the awkwardness of our hands. Behold, thou hast not made us mighty in writing like unto the brother of Jared, for thou madest him that the things which he wrote were mighty even as thou art, unto the overpowering of man to read them.

Thou hast also made our words powerful and great, even that we cannot write them; wherefore, when we write we behold our weakness, and stumble because of the placing of our words; and I fear lest the Gentiles shall mock at our words.

And when I had said this, the Lord spake unto me, saying: Fools mock, but they shall mourn; and my grace is sufficient for the meek, that they shall take no advantage of your weakness;

And if men come unto me I will show unto them their weakness. I give unto men weakness that they may be humble; and my grace is sufficient for all men that humble themselves before me; for if they humble themselves before me, and have faith in me, then will I make weak things become strong unto them.

Behold, I will show unto the Gentiles their weakness, and I will show unto them that faith, hope and charity bringeth unto me—the fountain of all righteousness.

And I, Moroni, having heard these words, was comforted, and said: O Lord, thy righteous will be done, for I know that thou workest unto the children of men according to their faith;

For the brother of Jared said unto the mountain Zerim, Remove—and it was removed. And if he had not had faith it would not have moved; wherefore thou workest after men have faith.

- 31 Sapagkat sa gayon ninyo ipinakita ang inyong sarili sa inyong mga disipulo; sapagkat matapos silang magkaroon ng pananampalataya, at mangusap sa inyong pangalan, ay ipinakita ninyo ang inyong sarili sa kanila sa dakilang kapangyarihan.
- 32 At natatandaan ko ring sinabi ninyo na naghanda kayo ng tahanan para sa tao, oo, maging sa mga mansiyon ng inyong Ama, kung saan ang tao ay maaaring magkaroon ng higit na mainam na pag-asa; kaya nga, kinakailangang umasa ang tao, o hindi siya maaaring makatanggap ng mana sa lugar na inyong inihanda.
- 33 At muli, natatandaan kong sinabi ninyo na iniibig ninyo ang sanlibutan, maging hanggang sa paghahain ng inyong buhay para sa sanlibutan, nang muli ninyo itong makuha upang maghanda ng lugar para sa mga anak ng tao.
- 34 At ngayon nalalaman ko na ang pag-ibig na ito na inyong taglay para sa mga anak ng tao ay pag-ibig sa kapwa; anupa't maliban kung magkaroon ng pag-ibig sa kapwa ang tao ay hindi nila mamamana ang lugar na yaon na inyong inihanda sa mga mansiyon ng inyong Ama.
- 35 Kaya nga, nalalaman ko sa pamamagitan ng bagay na ito na inyong sinabi, na kung walang pag-ibig sa kapwa-tao ang mga Gentil, dahil sa aming kahinaan, ay inyong susubukin sila, at kukunin ang kanilang talento, oo, maging ang mga yaong natanggap nila, at ipagkakaloob sa kanila na tatanggap nang higit na masagana.
- 36 At ito ay nangyari na, na ako ay nanalangin sa Panginoon na biyayaan niya ang mga Gentil, upang sila ay magkaroon ng pag-ibig sa kapwa-tao.
- 37 At ito ay nangyari na, na sinabi sa akin ng Panginoon: Kung wala silang pag-ibig sa kapwa-tao ay hindi na ito mahalaga sa iyo, ikaw ay naging matapat; kaya nga, ang iyong mga kasuotan ay gagawing malinis. At dahil sa kinilala mo ang iyong kahinaan ikaw ay gagawing malakas, maging hanggang sa pag-upo sa lugar na inihanda ko sa mga mansiyon ng aking Ama.

For thus didst thou manifest thyself unto thy disciples; for after they had faith, and did speak in thy name, thou didst show thyself unto them in great power.

And I also remember that thou hast said that thou hast prepared a house for man, yea, even among the mansions of thy Father, in which man might have a more excellent hope; wherefore man must hope, or he cannot receive an inheritance in the place which thou hast prepared.

And again, I remember that thou hast said that thou hast loved the world, even unto the laying down of thy life for the world, that thou mightest take it again to prepare a place for the children of men.

And now I know that this love which thou hast had for the children of men is charity; wherefore, except men shall have charity they cannot inherit that place which thou hast prepared in the mansions of thy Father.

Wherefore, I know by this thing which thou hast said, that if the Gentiles have not charity, because of our weakness, that thou wilt prove them, and take away their talent, yea, even that which they have received, and give unto them who shall have more abundantly.

And it came to pass that I prayed unto the Lord that he would give unto the Gentiles grace, that they might have charity.

And it came to pass that the Lord said unto me: If they have not charity it mattereth not unto thee, thou hast been faithful; wherefore, thy garments shall be made clean. And because thou hast seen thy weakness thou shalt be made strong, even unto the sitting down in the place which I have prepared in the mansions of my Father.

38 At ngayon ako, si Moroni, ay nagpapaalam sa mga Gentil, oo, at gayon din sa aking mga kapatid na minamahal ko, hanggang sa muli tayong magkita sa harapan ng hukumang-luklukan ni Cristo, kung saan malalaman ng lahat ng tao na hindi nabahiran ng inyong dugo ang aking mga kasuotan.

39 At doon malalaman ninyo na nakita ko si Jesus, at na nakipag-usap siya sa akin nang harap-harapan, at na sinabi niya sa akin sa malinaw na pagpapakumbaba, maging tulad ng isang tao na nagsasalaysay sa iba sa aking sariling wika, hinggil sa mga bagay na ito;

40 At kakaunti lamang ang naisulat ko, dahil sa aking kahinaan sa pagsusulat.

41 At ngayon, ipinapayo ko sa inyo na hanapin ang Jesus na ito na siyang isinulat ng mga propeta at apostol, upang ang biyaya ng Diyos Ama, at gayon din ng Panginoong Jesucristo, at ng Espiritu Santo, na siyang nagpapatotoo sa kanila, ay maaari at manatili sa inyo magpakailanman. Amen.

And now I, Moroni, bid farewell unto the Gentiles, yea, and also unto my brethren whom I love, until we shall meet before the judgment-seat of Christ, where all men shall know that my garments are not spotted with your blood.

And then shall ye know that I have seen Jesus, and that he hath talked with me face to face, and that he told me in plain humility, even as a man telleth another in mine own language, concerning these things;

And only a few have I written, because of my weakness in writing.

And now, I would commend you to seek this Jesus of whom the prophets and apostles have written, that the grace of God the Father, and also the Lord Jesus Christ, and the Holy Ghost, which beareth record of them, may be and abide in you forever. Amen.

## Ether 13

- 1 At ngayon ako, si Moroni, ay magpapatuloy na tapusin ang aking talaan hinggil sa pagkalipol ng mga taong siya kong isinusulat.
- 2 Sapagkat masdan, tinanggihan nila ang lahat ng salita ni Eter; sapagkat tunay niyang sinabi sa kanila ang lahat ng bagay mula sa simula ng tao; at na matapos bumaba ang tubig mula sa ibabaw ng lupaing ito ay naging isa itong piling lupain sa lahat ng iba pang lupain, isang piling lupain ng Panginoon; kaya nga, nais ng Panginoon na siya ay pagsilbihan ng lahat ng taong maninirahan dito;
- 3 At na ito ang lugar ng Bagong Jerusalem, na bababa mula sa langit, at ang banal na santuwaryo ng Panginoon.
- 4 Masdan, nakita ni Eter ang mga araw ni Cristo, at siya ay nangusap hinggil sa isang Bagong Jerusalem sa lupaing ito.
- 5 At siya ay nangusap din hinggil sa sambahayan ni Israel, at sa Jerusalem kung saan nagmula si Lehi—matapos itong mawasak ay muli itong itatayo, isang banal na lunsod sa Panginoon; kaya nga, hindi ito maaaring maging bagong Jerusalem sapagkat ito ay naroon noong unang panahon; kundi muli itong itatayo, at magiging isang banal na lunsod ng Panginoon; at itatayo ito sa sambahayan ni Israel—
- 6 At na isang Bagong Jerusalem ang itatayo sa lupaing ito, sa mga labi ng mga binhi ni Jose, kung aling mga bagay ay may kahalintulad.
- 7 Sapagkat tulad ng pagdadala ni Jose sa kanyang ama sa lupain ng Egipto, maging sa roon na siya namatay; kaya nga, dinala ng Panginoon ang isang labi ng mga binhi ni Jose sa labas ng lupain ng Jerusalem, upang siya ay maging maawain sa mga binhi ni Jose nang hindi sila mangasawi, maging tulad ng pagkaawa niya sa ama ni Jose upang hindi siya masawi.
- 8 Samakatwid, ang labi ng sambahayan ni Jose ay babangon sa lupaing ito; at ito ay magiging lupaing kanilang mana; at sila ay magtatayo ng isang banal na lunsod sa Panginoon, tulad ng Jerusalem noong sinauna; at hindi na sila muli pang malilito, hanggang sa dumating ang katapusan kapag ang mundo ay lilipas na.

## Ether 13

And now I, Moroni, proceed to finish my record concerning the destruction of the people of whom I have been writing.

For behold, they rejected all the words of Ether; for he truly told them of all things, from the beginning of man; and that after the waters had receded from off the face of this land it became a choice land above all other lands, a chosen land of the Lord; wherefore the Lord would have that all men should serve him who dwell upon the face thereof;

And that it was the place of the New Jerusalem, which should come down out of heaven, and the holy sanctuary of the Lord.

Behold, Ether saw the days of Christ, and he spake concerning a New Jerusalem upon this land.

And he spake also concerning the house of Israel, and the Jerusalem from whence Lehi should come—after it should be destroyed it should be built up again, a holy city unto the Lord; wherefore, it could not be a new Jerusalem for it had been in a time of old; but it should be built up again, and become a holy city of the Lord; and it should be built unto the house of Israel—

And that a New Jerusalem should be built up upon this land, unto the remnant of the seed of Joseph, for which things there has been a type.

For as Joseph brought his father down into the land of Egypt, even so he died there; wherefore, the Lord brought a remnant of the seed of Joseph out of the land of Jerusalem, that he might be merciful unto the seed of Joseph that they should perish not, even as he was merciful unto the father of Joseph that he should perish not.

Wherefore, the remnant of the house of Joseph shall be built upon this land; and it shall be a land of their inheritance; and they shall build up a holy city unto the Lord, like unto the Jerusalem of old; and they shall no more be confounded, until the end come when the earth shall pass away.

- 9 At magkakaroon ng bagong langit at bagong lupa; at matutulad ang mga ito sa sinauna maliban sa lilipas ang sinauna, at ang lahat ng bagay ay magiging bago.
- 10 At pagkatapos ang Bagong Jerusalem ay matatatag; at pinagpala sila na naninirahan doon, sapagkat sila ang yaong mapuputi ang kasuotan sa pamamagitan ng dugo ng Kordero; at sila ang mga yaong nabibilang sa mga binhi ni Jose, na sambahayan ni Israel.
- 11 At pagkatapos ang Jerusalem noong sinauna ay matatatag din; at ang mga naninirahan doon, pinagpala sila, sapagkat sila ay hinugasan sa dugo ng Kordero; at sila ang yaong ikinalat at tinipon mula sa apat na sulok ng mundo, at mula sa mga bansa sa hilaga, at mga kabahagi sa katuparan ng tipang ginawa ng Diyos sa kanilang amang si Abraham.
- 12 At kapag nangyari na ang mga bagay na ito, ay isinasakatuparan ang banal na kasulatan na nagsabi, sila ang mga yaong nauna, na mga mahuhuli; at naroon silang mga nahuli, na mga mauuna.
- 13 At ako sana ay susulat pa, subalit ako ay pinagbawalan; subalit dakila at kagila-gilalas ang mga propesiya ni Eter; subalit kanilang itinuring siyang walang kabuluhan, at itinaboy siya; at ikinukubli niya ang kanyang sarili sa butas ng isang malaking bato sa araw, at sa gabi siya ay humahayo't tinatanaw ang mga bagay na nangyayari sa mga tao.
- 14 At habang siya ay namamalagi sa butas ng isang malaking bato ay ginawa niya ang nalalabi sa talaang ito, tinatanaw ang mga pagkalipol na nangyayari sa mga tao, sa gabi.
- 15 At ito ay nangyari na, na sa taon ding yaon kung kailan siya itinaboy mula sa mga tao, nagsimulang magkaroon ng isang malaking digmaan sa mga tao, sapagkat marami ang nag-aklas, na malalakas na tao, at naghangad na patayin si Coriantumer sa pamamagitan ng kanilang mga lihim na plano ng kasamaan, na nabanggit na.
- 16 At ngayon si Coriantumer, na nakapag-aral, sa kanyang sarili, ng lahat ng kasanayan sa digmaan at sa lahat ng katusuhan ng sanlibutan, anupa't siya ay nakidigma sa kanila na naghahangad na patayin siya.

And there shall be a new heaven and a new earth; and they shall be like unto the old save the old have passed away, and all things have become new.

And then cometh the New Jerusalem; and blessed are they who dwell therein, for it is they whose garments are white through the blood of the Lamb; and they are they who are numbered among the remnant of the seed of Joseph, who were of the house of Israel.

And then also cometh the Jerusalem of old; and the inhabitants thereof, blessed are they, for they have been washed in the blood of the Lamb; and they are they who were scattered and gathered in from the four quarters of the earth, and from the north countries, and are partakers of the fulfilling of the covenant which God made with their father, Abraham.

And when these things come, bringeth to pass the scripture which saith, there are they who were first, who shall be last; and there are they who were last, who shall be first.

And I was about to write more, but I am forbidden; but great and marvelous were the prophecies of Ether; but they esteemed him as naught, and cast him out; and he hid himself in the cavity of a rock by day, and by night he went forth viewing the things which should come upon the people.

And as he dwelt in the cavity of a rock he made the remainder of this record, viewing the destructions which came upon the people, by night.

And it came to pass that in that same year in which he was cast out from among the people there began to be a great war among the people, for there were many who rose up, who were mighty men, and sought to destroy Coriantumr by their secret plans of wickedness, of which hath been spoken.

And now Coriantumr, having studied, himself, in all the arts of war and all the cunning of the world, wherefore he gave battle unto them who sought to destroy him.



- 17 Subalit hindi siya nagsisi, ni ang kanyang mga kaaya-ayang anak na lalaki o anak na babae; ni ang mga kaaya-ayang anak na lalaki at babae ni Cohor; ni ang mga kaaya-ayang anak na lalaki at babae ni Corihor; at sa madaling salita, walang sinuman sa mga kaaya-ayang anak na lalaki at babae sa ibabaw ng buong lupain ang nagsisi ng kanilang mga kasalanan.
- 18 Samakatwid, ito ay nangyari na, na sa unang taon ng pamamalagi ni Eter sa butas ng isang malaking bato, maraming tao ang napatay sa pamamagitan ng espada ng mga yaong lihim na nakikipagsabwatan, nakikipaglaban kay Coriantumer upang matamo nila ang kaharian.
- 19 At ito ay nangyari na, na ang mga anak na lalaki ni Coriantumer ay nakikipaglaban nang husto at maraming umagos na dugo.
- 20 At sa ikalawang taon ang salita ng Panginoon ay ipinahayag kay Eter, na siya ay nararapat humayo at magpropesiya kay Coriantumer na, kung siya ay magsisisi, at ang kanyang buong sambahayan, ipagkakaloob ng Panginoon sa kanya ang kanyang kaharian at ililigtas ang mga tao—
- 21 Kung hindi, sila ay malilipol, at ang kanyang buong sambahayan maliban sa kanyang sarili. At siya ay mabubuhay lamang upang makita ang katuparan ng mga propesiyang nabanggit hinggil sa iba pang mga tao na makaaangkin sa lupain bilang kanilang mana; at si Coriantumer ay makatatanggap ng libing sa kanila; at lahat ng kaluluwa ay malilipol maliban kay Coriantumer.
- 22 At ito ay nangyari na, na si Coriantumer ay hindi nagsisi, ni ang kanyang sambahayan, ni ang mga tao; at ang mga digmaan ay hindi tumigil; at hinangad nilang patayin si Eter, subalit siya ay tumakas sa kanilang harapan at nagkubling muli sa butas ng malaking bato.
- 23 At ito ay nangyari na, na may lumitaw na isang Sared, at siya ay nakidigma rin kay Coriantumer; at nagapi niya siya, kung kaya't sa ikatlong taon siya ay kanyang nadala sa pagkabihag.
- 24 At ang mga anak na lalaki ni Coriantumer, sa ikaapat na taon, ay nagapi si Sared, at nabawing muli ang kaharian para sa kanilang ama.

But he repented not, neither his fair sons nor daughters; neither the fair sons and daughters of Cohor; neither the fair sons and daughters of Corihor; and in fine, there were none of the fair sons and daughters upon the face of the whole earth who repented of their sins.

Wherefore, it came to pass that in the first year that Ether dwelt in the cavity of a rock, there were many people who were slain by the sword of those secret combinations, fighting against Coriantumr that they might obtain the kingdom.

And it came to pass that the sons of Coriantumr fought much and bled much.

And in the second year the word of the Lord came to Ether, that he should go and prophesy unto Coriantumr that, if he would repent, and all his household, the Lord would give unto him his kingdom and spare the people—

Otherwise they should be destroyed, and all his household save it were himself. And he should only live to see the fulfilling of the prophecies which had been spoken concerning another people receiving the land for their inheritance; and Coriantumr should receive a burial by them; and every soul should be destroyed save it were Coriantumr.

And it came to pass that Coriantumr repented not, neither his household, neither the people; and the wars ceased not; and they sought to kill Ether, but he fled from before them and hid again in the cavity of the rock.

And it came to pass that there arose up Shared, and he also gave battle unto Coriantumr; and he did beat him, insomuch that in the third year he did bring him into captivity.

And the sons of Coriantumr, in the fourth year, did beat Shared, and did obtain the kingdom again unto their father.

- 25 Ngayon nagsimulang magkaroon ng isang digmaan sa ibabaw ng buong lupain, bawat tao kasama ng kanyang pangkat ay nakikipaglaban para sa yaong kanyang naisin.
- 26 At may mga tulisan, at sa madaling salita, lahat ng uri ng kasamaan sa ibabaw ng buong lupain.
- 27 At ito ay nangyari na, na si Coriantumer ay labis na nagalit kay Sared, at siya ay humayo kasama ang kanyang hukbo laban sa kanya upang makidigma; at sila ay nagharap sa masidhing galit, at sila ay nagharap sa lambak ng Gilgal; at ang digmaan ay naging napakasadhi.
- 28 At ito ay nangyari na, na si Sared ay nakipaglaban sa kanya sa loob ng tatlong araw. At ito ay nangyari na, na nagapi siya ni Coriantumer, at tinugis siya hanggang sa siya ay makarating sa kapatagan ng Heshlon.
- 29 At ito ay nangyari na, na si Sared ay muling nakidigma sa kanya sa kapatagan; at masdan, nagapi niya si Coriantumer, at naitaboy siyang muli pabalik sa lambak ng Gilgal.
- 30 At si Coriantumer ay muling nakidigma kay Sared sa lambak ng Gilgal, kung saan niya nagapi si Sared at napatay siya.
- 31 At si Coriantumer ay nasugatan ni Sared sa kanyang hita, kung kaya't hindi siya muling nakidigma sa loob ng dalawang taon, kung saang panahon ang lahat ng tao sa ibabaw ng lupain ay nagsisipagdanak ng dugo, at walang sinuman ang makapipigil sa kanila.

Now there began to be a war upon all the face of the land, every man with his band fighting for that which he desired.

And there were robbers, and in fine, all manner of wickedness upon all the face of the land.

And it came to pass that Coriantumr was exceedingly angry with Shared, and he went against him with his armies to battle; and they did meet in great anger, and they did meet in the valley of Gilgal; and the battle became exceedingly sore.

And it came to pass that Shared fought against him for the space of three days. And it came to pass that Coriantumr beat him, and did pursue him until he came to the plains of Heshlon.

And it came to pass that Shared gave him battle again upon the plains; and behold, he did beat Coriantumr, and drove him back again to the valley of Gilgal.

And Coriantumr gave Shared battle again in the valley of Gilgal, in which he beat Shared and slew him.

And Shared wounded Coriantumr in his thigh, that he did not go to battle again for the space of two years, in which time all the people upon the face of the land were shedding blood, and there was none to restrain them.

## Ether 14

- 1 At ngayon nagsimulang magkaroon ng masidhing sumpa sa buong lupain dahil sa kasamaan ng mga tao, kung saan, kapag inilagay ng isang lalaki ang kanyang kagamitan o kanyang espada sa kanyang lalagyan, o sa lugar kung saan man niya ito itinatago, masdan, sa kinabukasan, ay hindi na niya ito matagpuan, napakasadhi ng naging sumpa sa lupain.
- 2 Kaya nga, ang bawat tao ay hindi binibitiwan ang kanyang pag-aari, ng kanyang mga kamay, at tumangging manghiram o ang siya man ang magpahiram; at bawat tao'y pinananatili ang puluhan ng kanyang espada sa kanyang kanang kamay, sa pagtatanggol ng kanyang ari-arian at kanyang sariling buhay at sa kanyang mga asawa at anak.
- 3 At ngayon, makalipas ang dalawang taon, at pagkamatay ni Sared, masdan, lumitaw ang kapatid na lalaki ni Sared at siya ay nakidigma kay Coriantumer, kung saan siya ay nagapi ni Coriantumer at tinugis siya sa ilang ng Akis.
- 4 At ito ay nangyari na, na ang kapatid ni Sared ay nakidigma sa kanya sa ilang ng Akis; at ang digmaan ay naging napakasadhi, at maraming libu-libo ang bumagsak sa pamamagitan ng espada.
- 5 At ito ay nangyari na, na si Coriantumer ay kumubkob sa ilang; at ang kapatid ni Sared ay humayong palabas ng ilang kinagabihan, at pinatay ang isang bahagi ng hukbo ni Coriantumer, habang sila'y mga lango.
- 6 At siya ay nagtungo sa lupain ng Moron, at iniupo ang kanyang sarili sa trono ni Coriantumer.
- 7 At ito ay nangyari na, na si Coriantumer ay namalagi sa ilang kasama ang kanyang hukbo sa loob ng dalawang taon, kung saan siya nakatanggap ng labis na lakas sa kanyang hukbo.
- 8 Ngayon, ang kapatid ni Sared na ang pangalan ay Gilead, ay nakatanggap din ng labis na lakas sa kanyang hukbo, dahil sa mga lihim na pakikipagsabwatan.
- 9 At ito ay nangyari na, na pinaslang siya ng kanyang mataas na saserdote habang nakaupo siya sa kanyang trono.

## Ether 14

And now there began to be a great curse upon all the land because of the iniquity of the people, in which, if a man should lay his tool or his sword upon his shelf, or upon the place whither he would keep it, behold, upon the morrow, he could not find it, so great was the curse upon the land.

Wherefore every man did cleave unto that which was his own, with his hands, and would not borrow neither would he lend; and every man kept the hilt of his sword in his right hand, in the defence of his property and his own life and of his wives and children.

And now, after the space of two years, and after the death of Shared, behold, there arose the brother of Shared and he gave battle unto Coriantumr, in which Coriantumr did beat him and did pursue him to the wilderness of Akish.

And it came to pass that the brother of Shared did give battle unto him in the wilderness of Akish; and the battle became exceedingly sore, and many thousands fell by the sword.

And it came to pass that Coriantumr did lay siege to the wilderness; and the brother of Shared did march forth out of the wilderness by night, and slew a part of the army of Coriantumr, as they were drunken.

And he came forth to the land of Moron, and placed himself upon the throne of Coriantumr.

And it came to pass that Coriantumr dwelt with his army in the wilderness for the space of two years, in which he did receive great strength to his army.

Now the brother of Shared, whose name was Gilead, also received great strength to his army, because of secret combinations.

And it came to pass that his high priest murdered him as he sat upon his throne.

- 10 At ito ay nangyari na, na isa sa mga lihim na nakikipagsabwatan ay pinaslang siya sa isang lihim na daanan, at natamo para sa kanyang sarili ang kaharian; at ang pangalan niya ay Lib; at si Lib ay isang lalaking may malaking pangangatawan, higit kaysa sa sinumang lalaki sa lahat ng tao.
- 11 At ito ay nangyari na, na sa unang taon ni Lib, si Coriantumer ay nagtungo sa lupain ng Moron, at nakidigma kay Lib.
- 12 At ito ay nangyari na, na siya ay nakipaglaban kay Lib, kung saan siya ay nasaksak ni Lib sa kanyang bisig kung kaya't siya ay nasugatan; gayon pa man, ang hukbo ni Coriantumer ay sumalakay kay Lib, kung kaya't siya ay tumakas sa mga hangganan sa dalampasigan.
- 13 At ito ay nangyari na, na tinugis siya ni Coriantumer; at si Lib ay nakidigma sa kanya sa dalampasigan.
- 14 At ito ay nangyari na, na binagabag ni Lib ang hukbo ni Coriantumer, kung kaya't sila ay muling nagsitakas patungo sa ilang ng Akis.
- 15 At ito ay nangyari na, na tinugis siya ni Lib hanggang sa siya ay makarating sa kapatagan ng Agas. At isinamang lahat ni Coriantumer ang mga tao sa kanya nang siya ay tumakas sa harapan ni Lib sa dakong yaon ng lupain kung saan man siya tumakas.
- 16 At nang marating niya ang kapatagan ng Agas siya ay nakidigma kay Lib, at kanyang sinaksak siya hanggang sa siya ay mamatay; gayon pa man, ang kapatid na lalaki ni Lib ay sumalakay na kahalili niya laban kay Coriantumer, at ang digmaan ay naging napakasidhi, kung saan si Coriantumer ay muling tumakas sa harapan ng hukbo ng kapatid ni Lib.
- 17 Ngayon, ang pangalan ng kapatid na lalaki ni Lib ay tinatawag na Shiz. At ito ay nangyari na, na tinugis ni Shiz si Coriantumer, at napabagsak niya ang maraming lunsod, at pinagpapatay niya kapwa kababaihan at maliliit na bata, at pinagsusunog niya ang mga lunsod.
- 18 At lumaganap ang takot kay Shiz sa lahat ng dako ng buong lupain; oo, isang daing ang lumaganap sa lahat ng dako ng lupain—Sino ang makatitindig sa harapan ng hukbo ni Shiz? Masdan, pinapalis niya ang lupa sa kanyang harapan!

And it came to pass that one of the secret combinations murdered him in a secret pass, and obtained unto himself the kingdom; and his name was Lib; and Lib was a man of great stature, more than any other man among all the people.

And it came to pass that in the first year of Lib, Coriantumr came up unto the land of Moron, and gave battle unto Lib.

And it came to pass that he fought with Lib, in which Lib did smite upon his arm that he was wounded; nevertheless, the army of Coriantumr did press forward upon Lib, that he fled to the borders upon the seashore.

And it came to pass that Coriantumr pursued him; and Lib gave battle unto him upon the seashore.

And it came to pass that Lib did smite the army of Coriantumr, that they fled again to the wilderness of Akish.

And it came to pass that Lib did pursue him until he came to the plains of Agosh. And Coriantumr had taken all the people with him as he fled before Lib in that quarter of the land whither he fled.

And when he had come to the plains of Agosh he gave battle unto Lib, and he smote upon him until he died; nevertheless, the brother of Lib did come against Coriantumr in the stead thereof, and the battle became exceedingly sore, in the which Coriantumr fled again before the army of the brother of Lib.

Now the name of the brother of Lib was called Shiz. And it came to pass that Shiz pursued after Coriantumr, and he did overthrow many cities, and he did slay both women and children, and he did burn the cities.

And there went a fear of Shiz throughout all the land; yea, a cry went forth throughout the land—Who can stand before the army of Shiz? Behold, he sweepeth the earth before him!

19 At ito ay nangyari na, na ang mga tao ay nagsimulang sama-samang magtipon sa mga hukbo, sa ibabaw ng buong lupain.

20 At sila ay nahahati; at ang isang bahagi nila ay nagtungo sa hukbo ni Shiz, at ang isang bahagi nila ay nagtungo sa hukbo ni Coriantumer.

21 At napakasidhi at walang katapusan ang digmaan, at napakatagal na ng tagpo ng pagdadanak ng dugo at pagkatay, kung kaya't ang ibabaw ng buong lupain ay nakalatan ng mga katawan ng mga patay.

22 At napakabilis at napakatulin ng digmaan kung kaya't walang naiwan upang ilibing ang mga patay, subalit humayo sila mula sa pagpapadanak ng dugo sa pagpapadanak ng dugo, iniiwanan ang mga katawan ng kapwa kalalakihan, kababaihan, at maliliit na bata nang nakakalat sa ibabaw ng lupain, upang maging pagkain ng mga uod ng laman.

23 At ang amoy niyon ay umalingasaw sa ibabaw ng lupain, maging sa ibabaw ng buong lupain; kaya nga, ang mga tao ay nabahala sa gabi't araw, dahil sa amoy niyon.

24 Gayon pa man, si Shiz ay hindi tumigil sa pagtugis kay Coriantumer; sapagkat siya ay nangakong ipaghihiganti niya ang sarili kay Coriantumer dahil sa dugo ng kanyang kapatid, na napatay, at ang salita ng Panginoon na nagpahayag kay Eter na si Coriantumer ay hindi mapababagsak sa pamamagitan ng espada.

25 At sa gayon nakikita natin, na pinarusahan sila ng Panginoon sa kaganapan ng kanyang kapootan, at ang kanilang kasamaan at mga karumal-dumal na gawain ang nagbigay ng daan para sa kanilang walang hanggang pagkawasak.

26 At ito ay nangyari na, na tinugis ni Shiz si Coriantumer pasilangan, maging sa mga hangganang malapit sa dalampasigan, at doon nakidigma siya kay Shiz sa loob ng tatlong araw.

27 At kakila-kilabot ang naging pagkalipol sa mga hukbo ni Shiz kung kaya't ang mga tao ay nagsimulang matakot, at nagsimulang magsitakas sa harapan ng mga hukbo ni Coriantumer; at sila ay tumakas patungo sa lupain ng Corihor, at pinalis ang mga naninirahan sa harapan nila, lahat ng yaong tumangging umanib sa kanila.

And it came to pass that the people began to flock together in armies, throughout all the face of the land.

And they were divided; and a part of them fled to the army of Shiz, and a part of them fled to the army of Coriantumr.

And so great and lasting had been the war, and so long had been the scene of bloodshed and carnage, that the whole face of the land was covered with the bodies of the dead.

And so swift and speedy was the war that there was none left to bury the dead, but they did march forth from the shedding of blood to the shedding of blood, leaving the bodies of both men, women, and children strewed upon the face of the land, to become a prey to the worms of the flesh.

And the scent thereof went forth upon the face of the land, even upon all the face of the land; wherefore the people became troubled by day and by night, because of the scent thereof.

Nevertheless, Shiz did not cease to pursue Coriantumr; for he had sworn to avenge himself upon Coriantumr of the blood of his brother, who had been slain, and the word of the Lord which came to Ether that Coriantumr should not fall by the sword.

And thus we see that the Lord did visit them in the fulness of his wrath, and their wickedness and abominations had prepared a way for their everlasting destruction.

And it came to pass that Shiz did pursue Coriantumr eastward, even to the borders by the seashore, and there he gave battle unto Shiz for the space of three days.

And so terrible was the destruction among the armies of Shiz that the people began to be frightened, and began to flee before the armies of Coriantumr; and they fled to the land of Corihor, and swept off the inhabitants before them, all them that would not join them.

- 28 At itinayo nila ang kanilang mga tolda sa lambak ng Corihor; at itinayo ni Coriantumer ang kanyang mga tolda sa lambak ng Shur. Ngayon, ang lambak ng Shur ay malapit sa burol ng Comnor; anupa't kinalap ni Coriantumer ang kanyang mga hukbo sa burol ng Comnor, at nagpatunog ng pakakak sa mga hukbo ni Shiz upang anyayahan silang makidigma.
- 29 At ito ay nangyari na, na sila ay sumalakay, subalit muling naitaboy; at sila ay sumalakay sa ikalawang pagkakataon, at muli silang naitaboy sa ikalawang pagkakataon. At ito ay nangyari na, na muli silang sumalakay sa ikatlong pagkakataon, at ang digmaan ay naging napakasidhi.
- 30 At ito ay nangyari na, na pinagsasasaksak ni Shiz si Coriantumer kaya nga kanyang nabigyan siya ng maraming malalim na sugat; at si Coriantumer, dahil sa kawalan niya ng dugo, ay nawalan ng malay, at dinalang palayo na tila bagang siya ay patay na.
- 31 Ngayon, ang pagkawala ng kalalakihan, kababaihan at maliliit na bata sa magkabilang panig ay napakarami kung kaya't inutusan ni Shiz ang kanyang mga tauhan na huwag na nilang tugisin pa ang mga hukbo ni Coriantumer; kaya nga, sila ay nagsibalik sa kanilang kuta.

And they pitched their tents in the valley of Corihor; and Coriantumr pitched his tents in the valley of Shurr. Now the valley of Shurr was near the hill Comnor; wherefore, Coriantumr did gather his armies together upon the hill Comnor, and did sound a trumpet unto the armies of Shiz to invite them forth to battle.

And it came to pass that they came forth, but were driven again; and they came the second time, and they were driven again the second time. And it came to pass that they came again the third time, and the battle became exceedingly sore.

And it came to pass that Shiz smote upon Coriantumr that he gave him many deep wounds; and Coriantumr, having lost his blood, fainted, and was carried away as though he were dead.

Now the loss of men, women and children on both sides was so great that Shiz commanded his people that they should not pursue the armies of Coriantumr; wherefore, they returned to their camp.

## Ether 15

- 1 At ito ay nangyari na, nang si Coriantumer ay gumaling sa kanyang mga sugat, nagsimula niyang maalaala ang mga salitang sinabi sa kanya ni Eter.
- 2 Nakita niyang may napatay na halos dalawang milyong kanyang mga tao sa pamamagitan ng espada, at siya ay nagsimulang malungkot sa kanyang puso; oo, may dalawang milyong na ang napatay sa magiging na kalalakihan, at gayon din ang kanilang mga asawa at kanilang mga anak.
- 3 Siya ay nagsimulang magsisi sa kasamaang nagawa niya; nagsimula niyang maalaala ang mga salitang sinabi ng bibig ng lahat ng propeta, at nakita niya na ang mga ito ay natutupad na nang unti-unti; bawat kaliit-liitang bagay; at ang kanyang kaluluwa ay nagdalamhati at tumangging maaliw.
- 4 At ito ay nangyari na, na siya ay sumulat ng isang liham kay Shiz, hinihiling sa kanya na huwag niyang kitlin ang buhay ng mga tao, at isusuko niya ang kaharian alang-alang sa buhay ng mga tao.
- 5 At ito ay nangyari na, nang matanggap ni Shiz ang kanyang liham siya ay sumulat ng isang liham kay Coriantumer, na kung isusuko niya ang kanyang sarili, upang kanyang mapatay siya sa pamamagitan ng kanyang sariling espada, na hindi na niya kikitlin ang buhay ng mga tao.
- 6 At ito ay nangyari na, na ang mga tao ay hindi nagsisi ng kanilang kasamaan; at ang mga tao ni Coriantumer ay napukaw sa galit laban sa mga tao ni Shiz; at ang mga tao ni Shiz ay napukaw sa galit laban sa mga tao ni Coriantumer; anupa't ang mga tao ni Shiz ay nakidigma sa mga tao ni Coriantumer.
- 7 At nang makita ni Coriantumer na malapit na siyang bumagsak siya ay muling tumakas sa harapan ng mga tao ni Shiz.
- 8 At ito ay nangyari na, na siya ay nakarating sa mga tubig ng Ripliancum, na, sa pagkakasalin, ay malaki, o nakahihigit sa lahat; dahil dito, nang sila ay makarating sa mga tubig na ito ay itinayo nila ang kanilang mga tolda; at itinayo rin ni Shiz ang kanyang mga tolda sa malapit sa kanila; at samakatwid kinabukasan sila ay humayo sa digmaan.

## Ether 15

And it came to pass when Coriantumr had recovered of his wounds, he began to remember the words which Ether had spoken unto him.

He saw that there had been slain by the sword already nearly two millions of his people, and he began to sorrow in his heart; yea, there had been slain two millions of mighty men, and also their wives and their children.

He began to repent of the evil which he had done; he began to remember the words which had been spoken by the mouth of all the prophets, and he saw them that they were fulfilled thus far, every whit; and his soul mourned and refused to be comforted.

And it came to pass that he wrote an epistle unto Shiz, desiring him that he would spare the people, and he would give up the kingdom for the sake of the lives of the people.

And it came to pass that when Shiz had received his epistle he wrote an epistle unto Coriantumr, that if he would give himself up, that he might slay him with his own sword, that he would spare the lives of the people.

And it came to pass that the people repented not of their iniquity; and the people of Coriantumr were stirred up to anger against the people of Shiz; and the people of Shiz were stirred up to anger against the people of Coriantumr; wherefore, the people of Shiz did give battle unto the people of Coriantumr.

And when Coriantumr saw that he was about to fall he fled again before the people of Shiz.

And it came to pass that he came to the waters of Ripliancum, which, by interpretation, is large, or to exceed all; wherefore, when they came to these waters they pitched their tents; and Shiz also pitched his tents near unto them; and therefore on the morrow they did come to battle.

- 9 At ito ay nangyari na, na sila ay naglaban sa napakasadhing digmaan, kung saan si Coriantumer ay muling nasugatan, at siya ay nawalan ng malay dahil sa kawalan ng dugo.
- 10 At ito ay nangyari na, na ang mga hukbo ni Coriantumer ay sumalakay sa mga hukbo ni Shiz kung kaya't kanilang nagapi sila, kung kaya't nagawa nilang sila'y patakbuhan sa kanilang harapan; at sila ay tumakas patimog, at itinayo ang kanilang mga tolda sa lugar na tinatawag na Ogath.
- 11 At ito ay nangyari na, na itinayo ng mga hukbo ni Coriantumer ang kanilang mga tolda sa burol ng Rama; at ito ang yaon ding burol kung saan ikinubli ng aking amang si Mormon ang mga talaan ayon sa Panginoon, na mga banal.
- 12 At ito ay nangyari na, na magkakasama nilang tinipon ang lahat ng tao sa ibabaw ng buong lupain, na hindi napatay, maliban kay Eter.
- 13 At ito ay nangyari na, na namasdan ni Eter ang lahat ng gawain ng mga tao; at namasdan niya na ang mga taong pumapanig kay Coriantumer ay tinipon sa hukbo ni Coriantumer; at ang mga taong pumapanig kay Shiz ay tinipon sa hukbo ni Shiz.
- 14 Samakatwid, sa loob ng apat na taon kanilang tinipon ang mga tao, upang makuha nila ang lahat ng tao sa ibabaw ng lupain, at upang makatanggap sila ng lahat ng lakas na maaari nilang matanggap.
- 15 At ito ay nangyari na, nang kanilang sama-samang matipon silang lahat, bawat isa sa hukbong nais niya, kasama ang kanilang mga asawa at kanilang mga anak—kapwa kalalakihan, kababaihan at maliliit na bata na nasasandatahan ng mga sandata ng digmaan, may mga kalasag, at baluti sa dibdib, at baluti sa ulo, at nabibihisan alinsunod sa pamamaraan ng digmaan—sila ay humayo laban sa isa't isa upang makidigma; at naglaban sila sa buong maghapon, at walang nagapi.
- 16 At ito ay nangyari na, nang sumapit ang gabi sila'y napagod, at nagpahinga sa kani-kanilang mga kuta; at matapos silang magpahinga sa kanilang mga kuta ay nagsipaghagulgol sila at nanaghoy dahil sa pagkawala ng mga napatay sa kanilang mga tao; at napakalakas ng kanilang mga panangis, ng kanilang mga hagulgol at pananaghoy, kung kaya't niligalig nila nang labis ang buong kapaligiran.

And it came to pass that they fought an exceedingly sore battle, in which Coriantumr was wounded again, and he fainted with the loss of blood.

And it came to pass that the armies of Coriantumr did press upon the armies of Shiz that they beat them, that they caused them to flee before them; and they did flee southward, and did pitch their tents in a place which was called Ogath.

And it came to pass that the army of Coriantumr did pitch their tents by the hill Ramah; and it was that same hill where my father Mormon did hide up the records unto the Lord, which were sacred.

And it came to pass that they did gather together all the people upon all the face of the land, who had not been slain, save it was Ether.

And it came to pass that Ether did behold all the doings of the people; and he beheld that the people who were for Coriantumr were gathered together to the army of Coriantumr; and the people who were for Shiz were gathered together to the army of Shiz.

Wherefore, they were for the space of four years gathering together the people, that they might get all who were upon the face of the land, and that they might receive all the strength which it was possible that they could receive.

And it came to pass that when they were all gathered together, every one to the army which he would, with their wives and their children—both men, women and children being armed with weapons of war, having shields, and breastplates, and headplates, and being clothed after the manner of war—they did march forth one against another to battle; and they fought all that day, and conquered not.

And it came to pass that when it was night they were weary, and retired to their camps; and after they had retired to their camps they took up a howling and a lamentation for the loss of the slain of their people; and so great were their cries, their howlings and lamentations, that they did rend the air exceedingly.



17 At ito ay nangyari na, na sa kinabukasan sila ay muling humayo sa digmaan, at kasindak-sindak at kakila-kilabot ang araw na yaon; gayon pa man, walang nagapi, at nang muling sumapit ang gabi ay niligalig nila ang kapaligiran ng kanilang mga panangis, at kanilang mga hagulgol, at kanilang pagdadalamhati, dahil sa pagkawala ng mga napatay sa kanilang mga tao.

18 At ito ay nangyari na, na si Coriantumer ay muling sumulat ng isang liham kay Shiz, hinihiling na huwag na siyang muli pang humayo upang makidigma, kundi ang kunin niya ang kaharian, at huwag kitlin ang buhay ng mga tao.

19 Subalit masdan, ang Espiritu ng Panginoon ay tumigil na sa pamamatnubay sa kanila, at si Satanas ay may ganap nang kapangyarihan sa mga puso ng mga tao; sapagkat sila ay nagpadala sa katigasan ng kanilang mga puso, at sa pagkabulag ng kanilang mga isipan upang sila ay malipol; anupa't sila ay muling humayo upang makidigma.

20 At ito ay nangyari na, na buong araw silang naglaban, at nang sumapit ang gabi sila ay nagsitulog sa kanilang mga espada.

21 At kinabukasan sila ay naglaban maging hanggang sa sumapit ang gabi.

22 At nang sumapit ang gabi sila ay nalango sa galit, maging tulad ng isang lalaking nalalango sa alak; at muli silang nagsitulog sa kanilang mga espada.

23 At kinabukasan sila ay muling naglaban; at nang sumapit ang gabi silang lahat ay nagsibagsak sa pamamagitan ng espada maliban sa limampu at dalawa sa mga tao ni Coriantumer, at animnapu at siyam sa mga tao ni Shiz.

24 At ito ay nangyari na, na sila ay nagsitulog sa kanilang mga espada nang gabing yaon, at kinabukasan sila ay muling naglaban, at sila ay naglaban sa kanilang lakas sa pamamagitan ng kanilang mga espada at ng kanilang mga pananggalang, sa buong araw na yaon.

25 At nang sumapit ang gabi ay may tatlumpu at dalawa sa mga tao ni Shiz, at dalawampu at pito sa mga tao ni Coriantumer.

And it came to pass that on the morrow they did go again to battle, and great and terrible was that day; nevertheless, they conquered not, and when the night came again they did rend the air with their cries, and their howlings, and their mournings, for the loss of the slain of their people.

And it came to pass that Coriantumr wrote again an epistle unto Shiz, desiring that he would not come again to battle, but that he would take the kingdom, and spare the lives of the people.

But behold, the Spirit of the Lord had ceased striving with them, and Satan had full power over the hearts of the people; for they were given up unto the hardness of their hearts, and the blindness of their minds that they might be destroyed; wherefore they went again to battle.

And it came to pass that they fought all that day, and when the night came they slept upon their swords.

And on the morrow they fought even until the night came.

And when the night came they were drunken with anger, even as a man who is drunken with wine; and they slept again upon their swords.

And on the morrow they fought again; and when the night came they had all fallen by the sword save it were fifty and two of the people of Coriantumr, and sixty and nine of the people of Shiz.

And it came to pass that they slept upon their swords that night, and on the morrow they fought again, and they contended in their might with their swords and with their shields, all that day.

And when the night came there were thirty and two of the people of Shiz, and twenty and seven of the people of Coriantumr.

26 At ito ay nangyari na, na sila ay kumain at natulog, at naghanda para sa kamatayan kinabukasan. At sila ay malalaki at malalakas na tao tulad ng lakas ng kalalakihan.

27 At ito ay nangyari na, na sila ay naglaban sa loob ng tatlong oras, at sila ay nawalan ng malay dahil sa kawalan ng dugo.

28 At ito ay nangyari na, nang makatanggap ang mga tauhan ni Coriantumer ng sapat na lakas upang sila ay makalakad, tatakas na sana sila para sa kanilang mga buhay; subalit masdan, si Shiz ay tumindig, at gayon din ang kanyang mga tauhan, at siya ay nanumpa sa kanyang kapootan na papatayin niya si Coriantumer o siya ay masasawi sa pamamagitan ng espada.

29 Anupa't kanyang tinugis sila, at kinabukasan sila ay naabutan niya; at sila ay muling naglaban sa pamamagitan ng espada. At ito ay nangyari na, nang silang lahat ay nagbagsakan na sa pamamagitan ng espada, maliban kina Coriantumer at Shiz, masdan si Shiz ay nawalan ng malay dahil sa kawalan ng dugo.

30 At ito ay nangyari na, nang si Coriantumer ay humilig sa kanyang espada, nang siya ay nakapagpahinga nang kaunti, ay tinagpas niya ang ulo ni Shiz.

31 At ito ay nangyari na, na matapos niyang tagpasin ang ulo ni Shiz, na si Shiz ay bumangon sa kanyang mga kamay at bumagsak; at matapos na magpumilit na huminga, siya ay namatay.

32 At ito ay nangyari na, na si Coriantumer ay bumagsak sa lupa, at tila bagang wala na siyang buhay.

33 At ang Panginoon ay nangusap kay Eter, at sinabi sa kanya: Humayo ka. At humayo siya, at namasdan na ang lahat ng salita ng Panginoon ay natupad na; at tinapos niya ang kanyang talaan; (at ang ika-isandaang bahagi nito ay hindi ko isinulat) at ikinubli niya ito sa isang pamamaraan na natagpuan ito ng mga tauhan ni Limhi.

34 Ngayon ito ang mga huling salitang isinulat ni Eter: Maging loobin man ng Panginoon na ako'y magbagong-anyo, o na danasin ko ang loobin ng Panginoon sa laman, ito'y hindi na mahalaga, kung maliligtas ako sa kaharian ng Diyos. Amen.

And it came to pass that they ate and slept, and prepared for death on the morrow. And they were large and mighty men as to the strength of men.

And it came to pass that they fought for the space of three hours, and they fainted with the loss of blood.

And it came to pass that when the men of Coriantumr had received sufficient strength that they could walk, they were about to flee for their lives; but behold, Shiz arose, and also his men, and he swore in his wrath that he would slay Coriantumr or he would perish by the sword.

Wherefore, he did pursue them, and on the morrow he did overtake them; and they fought again with the sword. And it came to pass that when they had all fallen by the sword, save it were Coriantumr and Shiz, behold Shiz had fainted with the loss of blood.

And it came to pass that when Coriantumr had leaned upon his sword, that he rested a little, he smote off the head of Shiz.

And it came to pass that after he had smitten off the head of Shiz, that Shiz raised up on his hands and fell; and after that he had struggled for breath, he died.

And it came to pass that Coriantumr fell to the earth, and became as if he had no life.

And the Lord spake unto Ether, and said unto him: Go forth. And he went forth, and beheld that the words of the Lord had all been fulfilled; and he finished his record; (and the hundredth part I have not written) and he hid them in a manner that the people of Limhi did find them.

Now the last words which are written by Ether are these: Whether the Lord will that I be translated, or that I suffer the will of the Lord in the flesh, it mattereth not, if it so be that I am saved in the kingdom of God. Amen.

# Ang Aklat ni Moroni

## Moroni 1

- 1 Ngayon ako, si Moroni, matapos na magawa ang pagpapaikli ng ulat ng mga tao ni Jared, na inakala kong hindi na makasusulat pa, ngunit ako ay hindi pa nasasawi; at ako ay hindi nagpapakita sa mga Lamanita at baka patayin nila ako.
- 2 Sapagkat masdan, ang kanilang mga digmaan ay lubhang malupit sa kanilang sarili; at dahil sa kanilang pagkapoot ay pinagpapatay nila ang bawat Nephita na hindi nagtatatwa kay Cristo.
- 3 At ako, si Moroni, ay hindi itatatwa ang Cristo; kaya nga, ako ay gumagala sa kung saan mang dako maaari para sa kaligtasan ng sarili kong buhay.
- 4 Samakatwid, ako ay susulat pa ng ilang bagay, salungat doon sa yaong aking inakala; sapagkat inakala kong hindi na ako makasusulat pa; ngunit ako ay susulat ng ilan pang bagay, na marahil ang mga yaon ay magiging mahalaga sa aking mga kapatid, na mga Lamanita, sa mga darating na araw, alinsunod sa kalooban ng Panginoon.

# The Book of Moroni

## Moroni 1

Now I, Moroni, after having made an end of abridging the account of the people of Jared, I had supposed not to have written more, but I have not as yet perished; and I make not myself known to the Lamanites lest they should destroy me.

For behold, their wars are exceedingly fierce among themselves; and because of their hatred they put to death every Nephite that will not deny the Christ.

And I, Moroni, will not deny the Christ; wherefore, I wander whithersoever I can for the safety of mine own life.

Wherefore, I write a few more things, contrary to that which I had supposed; for I had supposed not to have written any more; but I write a few more things, that perhaps they may be of worth unto my brethren, the Lamanites, in some future day, according to the will of the Lord.

## Moroni 2

- 1 Ang mga salita ni Cristo, na winika niya sa kanyang mga disipulo, sa labindalawang kanyang pinili, habang nakapatong ang kanyang mga kamay sa kanila—
- 2 At kanya silang tinawag sa pangalan, sinasabing: Kayo ay mananawagan sa Ama sa aking pangalan, sa mataimtim na panalangin; at matapos na inyong gawin ito, magkakaroon kayo ng kapangyarihan na sa kanya na inyong papatungan ng inyong mga kamay, ay ipagkakaloob ninyo ang Espiritu Santo; at sa aking pangalan ibibigay ninyo iyon, sapagkat gayon ang ginagawa ng aking mga apostol.
- 3 Ngayon, winika ni Cristo ang mga salitang ito sa kanila sa panahon ng kanyang unang pagpapakita; at hindi ito narinig ng maraming tao, subalit ang mga disipulo ay narinig yaon; at kasindami ng kanilang pinatungan ng kanilang mga kamay, ay binabaan ng Espiritu Santo.

## Moroni 2

The words of Christ, which he spake unto his disciples, the twelve whom he had chosen, as he laid his hands upon them—

And he called them by name, saying: Ye shall call on the Father in my name, in mighty prayer; and after ye have done this ye shall have power that to him upon whom ye shall lay your hands, ye shall give the Holy Ghost; and in my name shall ye give it, for thus do mine apostles.

Now Christ spake these words unto them at the time of his first appearing; and the multitude heard it not, but the disciples heard it; and on as many as they laid their hands, fell the Holy Ghost.

## Moroni 3

- 1 Ang pamamaraan kung paano ang mga disipulo na tinatawag na mga elder ng simbahan, ay nag-oorden ng mga saserdote at guro—
- 2 Matapos na sila ay manalangin sa Ama sa pangalan ni Cristo, ipinatong nila ang kanilang mga kamay sa kanila, at sinabing:
  - 3 Sa pangalan ni Jesucristo, inoordenan kitang maging isang saserdote (o, kung siya ay magiging isang guro) inoordenan kitang maging isang guro, upang mangaral ng pagsisisi at kapatawaran ng mga kasalanan sa pamamagitan ni Jesucristo, sa pamamagitan ng pagpapakatatag ng pananampalataya sa kanyang pangalan hanggang sa wakas. Amen.
- 4 At alinsunod sa ganitong pamamaraan, kanilang inordenan ang mga saserdote at guro, alinsunod sa mga kaloob at panawagan ng Diyos sa mga tao; at kanilang inordenan sila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, na nasa kanila.

## Moroni 3

The manner which the disciples, who were called the elders of the church, ordained priests and teachers—

After they had prayed unto the Father in the name of Christ, they laid their hands upon them, and said:

In the name of Jesus Christ I ordain you to be a priest (or if he be a teacher, I ordain you to be a teacher) to preach repentance and remission of sins through Jesus Christ, by the endurance of faith on his name to the end. Amen.

And after this manner did they ordain priests and teachers, according to the gifts and callings of God unto men; and they ordained them by the power of the Holy Ghost, which was in them.

## Moroni 4

- 1 Ang pamamaraan ng kanilang mga elder at saserdote sa pangangasiwa ng laman at dugo ni Cristo sa simbahan; at kanilang pinangasiwaan ito alinsunod sa mga kautusan ni Cristo; kaya nga, alam namin na ang pamamaraan ay totoo; at ang elder o saserdote ang nagsilbi niyon.
- 2 At sila ay lumuhod kasama ng simbahan, at nanalangin sa Ama sa pangalan ni Cristo, sinasabing:
- 3 O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, kami ay humihiling sa inyo sa pangalan ng inyong Anak, na si Jesucristo, na basbasan at gawing banal ang tinapay na ito sa mga kaluluwa ng lahat nilang kakain nito; nang sila ay makakain bilang pag-alaala sa katawan ng inyong Anak, at patunayan sa inyo, O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, na sila ay pumapayag na taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ng inyong Anak, at lagi siyang aalalahanin, at susundin ang kanyang mga kautusan na ibinigay niya sa kanila, nang sa tuwina ay mapasakanila ang kanyang Espiritu upang makasama nila. Amen.

## Moroni 4

The manner of their elders and priests administering the flesh and blood of Christ unto the church; and they administered it according to the commandments of Christ; wherefore we know the manner to be true; and the elder or priest did minister it—

And they did kneel down with the church, and pray to the Father in the name of Christ, saying:

O God, the Eternal Father, we ask thee in the name of thy Son, Jesus Christ, to bless and sanctify this bread to the souls of all those who partake of it; that they may eat in remembrance of the body of thy Son, and witness unto thee, O God, the Eternal Father, that they are willing to take upon them the name of thy Son, and always remember him, and keep his commandments which he hath given them, that they may always have his Spirit to be with them. Amen.

## Moroni 5

- 1 Ang pamamaraan ng pangangasiwa ng alak—  
Masdan, kanilang kinuha ang saro, at sinabing:
- 2 O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, kami ay humihiling sa inyo sa pangalan ng inyong Anak, na si Jesucristo, na basbasan at gawing banal ang alak na ito sa mga kaluluwa ng lahat nilang iinom nito, nang ito ay kanilang magawa bilang pag-alaala sa dugo ng inyong Anak, na nabuhos alang-alang sa kanila; nang kanilang mapatunayan sa inyo, O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, na sila sa tuwina ay aalalahanin siya, nang mapasakanila ang kanyang Espiritu upang makasama nila. Amen.

## Moroni 5

The manner of administering the wine—Behold, they took the cup, and said:

O God, the Eternal Father, we ask thee, in the name of thy Son, Jesus Christ, to bless and sanctify this wine to the souls of all those who drink of it, that they may do it in remembrance of the blood of thy Son, which was shed for them; that they may witness unto thee, O God, the Eternal Father, that they do always remember him, that they may have his Spirit to be with them. Amen.

## Moroni 6

- 1 At ngayon, ako ay nangungusap hinggil sa pagbibinyag. Masdan, ang mga elder, saserdote, at guro ay bininyagan; at hindi sila bininyagan maliban kung sila ay nagdala ng angkop na bunga na sila ay karapat-dapat dito.
- 2 Ni hindi nila tinanggap ang kahit sino sa pagbibinyag maliban kung sila ay lumapit nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu, at pinatunayan sa simbahan na sila ay tunay na nagsisi sa lahat ng kanilang kasalanan.
- 3 At wala ni isa mang tinanggap sa pagbibinyag maliban kung kanilang taglayin ang pangalan ni Cristo, nang may matibay na hangaring maglingkod sa kanya hanggang wakas.
- 4 At matapos na sila ay matanggap sa pagbibinyag, at nahikayat at nalinis ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, sila ay napabilang sa mga tao ng simbahan ni Cristo; at ang kanilang mga pangalan ay kinuha, upang sila ay maalaala at mapangalagaan ng mabuting salita ng Diyos, upang mapanatili sila sa tamang daan, upang patuloy silang mapanatili sa mataimtim na panalangin, umaasa lamang sa mga gantimpala ni Cristo, na siyang may akda at tagatapos ng kanilang pananampalataya.
- 5 At ang mga kasapi sa simbahan ay madalas na nagtitipun-tipon upang mag-ayuno at manalangin, at makipag-usap sa bawat isa hinggil sa kapakanan ng kanilang mga kaluluwa.
- 6 At sila ay madalas magtipun-tipong magkakasama upang makibahagi sa tinapay at alak, sa pag-alaala sa Panginoong Jesus.
- 7 At sila ay mahigpit na sumunod upang huwag magkaroon ng kasamaan sa kanila; at sinuman ang natagpuang gumawa ng kasalanan, at tatlong saksi ng simbahan ang humatol sa kanila sa harapan ng mga elder, at kung hindi sila nagsisi, at hindi nagtapat, ang kanilang mga pangalan ay binubura, at hindi na sila ibinibilang sa mga tao ni Cristo.
- 8 Ngunit kasindalas na sila ay magsisi at humingi ng kapatawaran, nang may tunay na layunin, sila ay pinatatawad.

## Moroni 6

And now I speak concerning baptism. Behold, elders, priests, and teachers were baptized; and they were not baptized save they brought forth fruit meet that they were worthy of it.

Neither did they receive any unto baptism save they came forth with a broken heart and a contrite spirit, and witnessed unto the church that they truly repented of all their sins.

And none were received unto baptism save they took upon them the name of Christ, having a determination to serve him to the end.

And after they had been received unto baptism, and were wrought upon and cleansed by the power of the Holy Ghost, they were numbered among the people of the church of Christ; and their names were taken, that they might be remembered and nourished by the good word of God, to keep them in the right way, to keep them continually watchful unto prayer, relying alone upon the merits of Christ, who was the author and the finisher of their faith.

And the church did meet together oft, to fast and to pray, and to speak one with another concerning the welfare of their souls.

And they did meet together oft to partake of bread and wine, in remembrance of the Lord Jesus.

And they were strict to observe that there should be no iniquity among them; and whoso was found to commit iniquity, and three witnesses of the church did condemn them before the elders, and if they repented not, and confessed not, their names were blotted out, and they were not numbered among the people of Christ.

But as oft as they repented and sought forgiveness, with real intent, they were forgiven.



9 At ang kanilang mga pagpupulong ay pinamunuan ng simbahan alinsunod sa pamamaraan ng pamamatnubay ng Espiritu, at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo; sapagkat ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ang umaakay sa kanila kung mangangaral, o magpapayo, o mananalangin, o magsusumamo, o aawit, maging sa gayon ito naganap.

And their meetings were conducted by the church after the manner of the workings of the Spirit, and by the power of the Holy Ghost; for as the power of the Holy Ghost led them whether to preach, or to exhort, or to pray, or to supplicate, or to sing, even so it was done.

## Moroni 7

- 1 At ngayon, ako si Moroni, ay isinusulat ang ilan sa mga salita ng aking amang si Mormon, na kanyang winika hinggil sa pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa-tao; sapagkat alinsunod sa ganitong pamamaraan siya nangusap sa mga tao, habang siya ay nagtuturo sa kanila sa sinagogang kanilang itinayo para sa pook ng sambahan.
- 2 At ngayon ako, si Mormon, ay nangungusap sa inyo, mga minamahal kong kapatid; at ito ay sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos Ama, at ng ating Panginoong Jesucristo, at kanyang banal na kalooban, dahil sa kaloob ng kanyang pagtawag sa akin, na ako ay pinayagang mangusap sa inyo sa panahong ito.
- 3 Dahil dito, ako ay mangungusap sa inyo na nasa simbahan, na mga mapamayapang tagasunod ni Cristo, at na nagkaroon ng sapat na pag-asa kung saan kayo ay makapapasok sa kapahingahan ng Panginoon, simula sa panahong ito hanggang sa kayo ay mamahingang kasama niya sa langit.
- 4 At ngayon, mga kapatid ko, inihahatol ko ang mga bagay na ito sa inyo dahil sa inyong mapayapang paglalakad kasama ng mga anak ng tao.
- 5 Sapagkat aking natatandaan ang salita ng Diyos na nagsasabing sa pamamagitan ng kanilang mga gawa inyo silang makikilala; sapagkat kung ang kanilang mga gawa ay mabubuti, kung gayon, sila ay mabubuti rin.
- 6 Sapagkat masdan, winika ng Diyos na ang isang taong masama ay hindi maaaring gumawa ng yaong mabuti; sapagkat kung siya ay mag-aalay ng handog, o mananalangin sa Diyos, maliban kung ito ay gagawin niya nang may tunay na layunin, ito ay walang kapakinabangan sa kanya.
- 7 Sapagkat masdan, ito ay hindi ibibilang sa kanya para sa kabutihan.
- 8 Sapagkat masdan, kung ang isang taong masama ay nagbibigay ng isang handog, ginagawa niya iyon nang laban sa kalooban; anupa't ito ay ibinibilang sa kanya na parang nanatili pa rin sa kanya ang handog; kaya nga siya ay ibibilang na masama sa harapan ng Diyos.

## Moroni 7

And now I, Moroni, write a few of the words of my father Mormon, which he spake concerning faith, hope, and charity; for after this manner did he speak unto the people, as he taught them in the synagogue which they had built for the place of worship.

And now I, Mormon, speak unto you, my beloved brethren; and it is by the grace of God the Father, and our Lord Jesus Christ, and his holy will, because of the gift of his calling unto me, that I am permitted to speak unto you at this time.

Wherefore, I would speak unto you that are of the church, that are the peaceable followers of Christ, and that have obtained a sufficient hope by which ye can enter into the rest of the Lord, from this time henceforth until ye shall rest with him in heaven.

And now my brethren, I judge these things of you because of your peaceable walk with the children of men.

For I remember the word of God which saith by their works ye shall know them; for if their works be good, then they are good also.

For behold, God hath said a man being evil cannot do that which is good; for if he offereth a gift, or prayeth unto God, except he shall do it with real intent it profiteth him nothing.

For behold, it is not counted unto him for righteousness.

For behold, if a man being evil giveth a gift, he doeth it grudgingly; wherefore it is counted unto him the same as if he had retained the gift; wherefore he is counted evil before God.

- 9 At gayon din, ibinibilang na masama sa isang tao, kung siya ay mananalangin at walang tunay na layunin sa puso; oo, at ito ay walang kapakinabangan sa kanya, sapagkat ang Diyos ay walang tinatanggap na gayon.
- 10 Anupa't ang isang taong masama ay hindi makagagawa ng yaong mabuti; ni hindi siya makapagbibigay ng mabuting handog.
- 11 Sapagkat masdan, ang mapait na bukal ay hindi makapagbibigay ng mabuting tubig; ni ang mabuting bukal ay makapagbibigay ng mapait na tubig; kaya nga, ang isang tao na tagapaglingkod ng diyablo ay hindi maaaring sumunod kay Cristo; at kung siya ay sumusunod kay Cristo, siya ay hindi maaaring maging isang tagapaglingkod ng diyablo.
- 12 Anupa't lahat ng bagay na mabuti ay nagmumula sa Diyos; at yaong masama ay nagmumula sa diyablo; sapagkat ang diyablo ay kaaway ng Diyos, at patuloy na nakikipaglaban sa kanya, at nag-aanyaya at nang-aakit na magkasala, at patuloy na gawin ang yaong bagay na masama;
- 13 Ngunit masdan, yaong sa Diyos ay nag-aanyaya at nang-aakit na patuloy na gumawa ng mabuti; kaya nga, bawat bagay na nag-aanyaya at nang-aakit na gumawa ng mabuti, at ibigin ang Diyos, at maglingkod sa kanya ay pinapatnubayan ng Diyos.
- 14 Samakatwid, mag-ingat, mga minamahal kong kapatid, na huwag kayong humatol na yaong masama ay sa Diyos, o yaong mabuti at sa Diyos ay sa diyablo.
- 15 Sapagkat masdan, mga kapatid, ibinibigay sa inyo na humatol, upang malaman ninyo ang mabuti sa masama; at ang paraan ng paghahatol ay kasingliwanag, nang inyong malaman nang may ganap na kaalaman, ng liwanag ng araw mula sa kadiliman ng gabi.
- 16 Sapagkat masdan, ang Espiritu ni Cristo ay ipinagkakaloob sa bawat tao, upang malaman niya ang mabuti sa masama; samakatwid, ipakikita ko sa inyo ang paraan sa paghatol; sapagkat ang bawat bagay na nag-aanyayang gumawa ng mabuti, at humihikayat na maniwala kay Cristo, ay isinugo sa pamamagitan ng kapangyarihan at kaloob ni Cristo; kaya nga, malalaman ninyo nang may ganap na kaalaman na inyon ay sa Diyos.

And likewise also is it counted evil unto a man, if he shall pray and not with real intent of heart; yea, and it profiteth him nothing, for God receiveth none such.

Wherefore, a man being evil cannot do that which is good; neither will he give a good gift.

For behold, a bitter fountain cannot bring forth good water; neither can a good fountain bring forth bitter water; wherefore, a man being a servant of the devil cannot follow Christ; and if he follow Christ he cannot be a servant of the devil.

Wherefore, all things which are good cometh of God; and that which is evil cometh of the devil; for the devil is an enemy unto God, and fighteth against him continually, and inviteth and enticeth to sin, and to do that which is evil continually.

But behold, that which is of God inviteth and enticeth to do good continually; wherefore, every thing which inviteth and enticeth to do good, and to love God, and to serve him, is inspired of God.

Wherefore, take heed, my beloved brethren, that ye do not judge that which is evil to be of God, or that which is good and of God to be of the devil.

For behold, my brethren, it is given unto you to judge, that ye may know good from evil; and the way to judge is as plain, that ye may know with a perfect knowledge, as the daylight is from the dark night.

For behold, the Spirit of Christ is given to every man, that he may know good from evil; wherefore, I show unto you the way to judge; for every thing which inviteth to do good, and to persuade to believe in Christ, is sent forth by the power and gift of Christ; wherefore ye may know with a perfect knowledge it is of God.

17 Ngunit anumang bagay na humihikayat sa tao na gumawa ng masama, at huwag maniwala kay Cristo, at itinatatwa siya, at huwag maglingkod sa Diyos, kung magkagayon, malalaman ninyo nang may ganap na kaalaman na iyon ay sa diyablo; sapagkat sa ganitong pamamaraan gumagawa ang diyablo, sapagkat hindi niya hinihikayat ang sinumang tao na gumawa ng mabuti, wala, kahit isa; ni ang kanyang mga anghel; ni sila na nagpapasakop ng kanilang sarili sa kanya.

18 At ngayon, mga kapatid ko, dahil sa inyong nalalaman ang liwanag kung paano kayo ay makahahatol, kung aling liwanag ay liwanag ni Cristo, tiyakin ninyo na hindi kayo humahatol nang mali; sapagkat sa gayon ding kahatulan kung paano kayo naghahatol, kayo ay gayon din hahatulan.

19 Kaya nga, ako ay sumasamo sa inyo, mga kapatid, na masigasig na saliksikin ninyo ang liwanag ni Cristo upang inyong malaman ang mabuti sa masama; at kung kayo ay mananangan sa bawat mabuting bagay, at hindi ito susumpain, kayo ay tiyak na magiging isang anak ni Cristo.

20 At ngayon, aking mga kapatid, paano mangyayari na kayo ay makakapanangan sa bawat mabuting bagay?

21 At ngayon, dadako ako sa gayong pananampalataya, na kung alin ay nais kong wikain; at sasabihin ko sa inyo ang paraan upang kayo ay makapanangan sa bawat mabuting bagay.

22 Sapagkat masdan, ang Diyos na nakaalam sa lahat ng bagay, na nagmula sa kawalang-hanggan hanggang sa kawalang-hanggan, masdan, isinugo niya ang mga anghel upang maglingkod sa mga anak ng tao, upang ipaalam ang hinggil sa pagparito ni Cristo; at kay Cristo nagmumula ang bawat mabuting bagay.

23 At ang Diyos ay nagpahayag din sa mga propeta, sa pamamagitan ng sarili niyang bibig, na si Cristo ay paparito.

24 At masdan, may iba't ibang mga paraan na kanyang ipinaalam ang mga bagay sa mga anak ng tao, kung alin ay mabubuti; at ang lahat ng bagay na mabubuti ay nagmumula kay Cristo; kung hindi, ang tao ay nahulog, at walang mabuting bagay ang darating sa kanila.

But whatsoever thing persuadeth men to do evil, and believe not in Christ, and deny him, and serve not God, then ye may know with a perfect knowledge it is of the devil; for after this manner doth the devil work, for he persuadeth no man to do good, no, not one; neither do his angels; neither do they who subject themselves unto him.

And now, my brethren, seeing that ye know the light by which ye may judge, which light is the light of Christ, see that ye do not judge wrongfully; for with that same judgment which ye judge ye shall also be judged.

Wherefore, I beseech of you, brethren, that ye should search diligently in the light of Christ that ye may know good from evil; and if ye will lay hold upon every good thing, and condemn it not, ye certainly will be a child of Christ.

And now, my brethren, how is it possible that ye can lay hold upon every good thing?

And now I come to that faith, of which I said I would speak; and I will tell you the way whereby ye may lay hold on every good thing.

For behold, God knowing all things, being from everlasting to everlasting, behold, he sent angels to minister unto the children of men, to make manifest concerning the coming of Christ; and in Christ there should come every good thing.

And God also declared unto prophets, by his own mouth, that Christ should come.

And behold, there were divers ways that he did manifest things unto the children of men, which were good; and all things which are good cometh of Christ; otherwise men were fallen, and there could no good thing come unto them.

- 25 Samakatwid, sa pamamagitan ng paglilingkod ng mga anghel, at sa pamamagitan ng bawat salitang namumutawi sa bibig ng Diyos, ang tao ay nagsimulang manampalataya kay Cristo; at sa gayon, sa pamamagitan ng pananampalataya, sila ay nanangan sa bawat mabuting bagay; at sa gayon nga iyon hanggang sa pagparito ni Cristo.
- 26 At pagkaraang pumarito siya, ang tao ay naligtas din sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanyang pangalan; at sa pamamagitan ng pananampalataya, sila ay naging mga anak ng Diyos. At kasintiyak na buhay si Cristo ay winika niya ang mga salitang ito sa ating mga ama, sinasabing: Kahit anong bagay ang inyong hihilingin sa Ama sa aking pangalan, kung alin ay mabuti, nang may pananampalataya, naniniwalang iyon ay matatanggap ninyo, masdan, iyon ay gagawin sa inyo.
- 27 Samakatwid, mga minamahal kong kapatid, tumigil na ba ang mga himala dahil sa si Cristo ay umakyat na sa langit, at umupo sa kanang kamay ng Diyos, upang angkinin sa Ama ang kanyang mga karapatan ng awa na mayroon siya sa mga anak ng tao?
- 28 Sapagkat kanyang tinugon ang mga layunin ng batas, at kanyang inaangkin ang lahat ng yaong may pananampalataya sa kanya; at sila na may pananampalataya sa kanya ay kakapit sa bawat mabuting bagay; anupa't ipinagtatanggol niya ang kapakanan ng mga anak ng tao; at siya ay nananahanang walang hanggan sa kalangitan.
- 29 At dahil kanyang ginawa ito, mga minamahal kong kapatid, tumigil ba ang mga himala? Masdan sinasabi ko sa inyo, Hindi; ni ang mga anghel ay hindi tumitigil sa paglilingkod sa mga anak ng tao.
- 30 Sapagkat masdan, sila ay nasasakop niya, upang maglingkod alinsunod sa salita ng kanyang utos, ipinakikita ang kanilang sarili sa kanila na may matibay na pananampalataya at may matatag na isipan sa bawat anyo ng kabanalan.

Wherefore, by the ministering of angels, and by every word which proceeded forth out of the mouth of God, men began to exercise faith in Christ; and thus by faith, they did lay hold upon every good thing; and thus it was until the coming of Christ.

And after that he came men also were saved by faith in his name; and by faith, they become the sons of God. And as surely as Christ liveth he spake these words unto our fathers, saying: Whatsoever thing ye shall ask the Father in my name, which is good, in faith believing that ye shall receive, behold, it shall be done unto you.

Wherefore, my beloved brethren, have miracles ceased because Christ hath ascended into heaven, and hath sat down on the right hand of God, to claim of the Father his rights of mercy which he hath upon the children of men?

For he hath answered the ends of the law, and he claimeth all those who have faith in him; and they who have faith in him will cleave unto every good thing; wherefore he advocateth the cause of the children of men; and he dwelleth eternally in the heavens.

And because he hath done this, my beloved brethren, have miracles ceased? Behold I say unto you, Nay; neither have angels ceased to minister unto the children of men.

For behold, they are subject unto him, to minister according to the word of his command, showing themselves unto them of strong faith and a firm mind in every form of godliness.

- 31 At ang katungkulan ng kanilang ministryo ay tawagin ang tao sa pagsisisi, at na tuparin at isagawa ang mga tipan ng Ama, na kanyang ginawa sa mga anak ng tao, upang ihanda ang daan sa mga anak ng tao, sa pamamagitan ng pagpapahayag ng salita ni Cristo sa mga piling sisidlan ng Panginoon, upang sila ay magpatotoo sa kanya.
- 32 At sa pamamagitan ng paggawa nang gayon, inihahanda ng Panginoong Diyos ang daan upang ang nalalabi sa mga tao ay magkaroon ng pananampalataya kay Cristo, upang ang Espiritu Santo ay magkaroon ng puwang sa kanilang mga puso, alinsunod sa kapangyarihan niyon; at alinsunod sa ganitong pamamaraan pinapangyayari ng Ama, ang mga tipang kanyang ginawa sa mga anak ng tao.
- 33 At winika ni Cristo: Kung kayo ay magkakaroon ng pananampalataya sa akin, magkakaroon kayo ng kapangyarihang gawin kahit na anong bagay na kapaki-pakinabang sa akin.
- 34 At kanyang winika: Magsisi kayong lahat na nasa mga dulo ng mundo, at lumapit sa akin, at magpabinyag sa aking pangalan, at magkaroon ng pananampalataya sa akin, upang kayo ay maligtas.
- 35 At ngayon, mga minamahal kong kapatid, kung ganito ang pangyayari na ang mga bagay na ito ay totoo na sinabi ko sa inyo, at patutunayan sa inyo ng Diyos, sa kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian sa huling araw, na ang mga yaon ay totoo, at kung ang mga yaon ay totoo, tumigil na ba ang araw ng mga himala?
- 36 O ang mga anghel ba ay huminto ng pagpapakita sa mga anak ng tao? O kanya bang ipinagkait ang kapangyarihan ng Espiritu Santo sa kanila? O kanya ba, habang ang panahon ay magtatagal, o ang mundo ay nakatindig, o mayroon pa bang isang tao sa ibabaw ng lupa na nararapat iligtas?
- 37 Masdan, sinasabi ko sa inyo, Hindi; sapagkat sa pamamagitan ng pananampalataya ang mga himala ay nagagawa at sa pamamagitan ng pananampalataya ang mga anghel ay nagpapakita at naglilingkod sa mga anak ng tao; kaya nga, kung ang mga bagay na ito ay tumigil, sa aba sa mga anak ng tao, sapagkat ito ay dahil sa kanilang kawalang-paniniwala, at lahat ay walang saysay.

And the office of their ministry is to call men unto repentance, and to fulfil and to do the work of the covenants of the Father, which he hath made unto the children of men, to prepare the way among the children of men, by declaring the word of Christ unto the chosen vessels of the Lord, that they may bear testimony of him.

And by so doing, the Lord God prepareth the way that the residue of men may have faith in Christ, that the Holy Ghost may have place in their hearts, according to the power thereof; and after this manner bringeth to pass the Father, the covenants which he hath made unto the children of men.

And Christ hath said: If ye will have faith in me ye shall have power to do whatsoever thing is expedient in me.

And he hath said: Repent all ye ends of the earth, and come unto me, and be baptized in my name, and have faith in me, that ye may be saved.

And now, my beloved brethren, if this be the case that these things are true which I have spoken unto you, and God will show unto you, with power and great glory at the last day, that they are true, and if they are true has the day of miracles ceased?

Or have angels ceased to appear unto the children of men? Or has he withheld the power of the Holy Ghost from them? Or will he, so long as time shall last, or the earth shall stand, or there shall be one man upon the face thereof to be saved?

Behold I say unto you, Nay; for it is by faith that miracles are wrought; and it is by faith that angels appear and minister unto men; wherefore, if these things have ceased wo be unto the children of men, for it is because of unbelief, and all is vain.

- 38 Sapagkat walang taong maliligtas, alinsunod sa mga salita ni Cristo, maliban kung sila ay magkakaroon ng pananampalataya sa kanyang pangalan; kaya nga, kung ang mga bagay na ito ay tumigil, kung gayon ay tumigil na rin ang pananampalataya; at kakila-kilabot ang kalagayan ng tao, sapagkat sila ay tulad din na parang walang pagtubos na ginawa.
- 39 Ngunit masdan, mga minamahal kong kapatid, ako ay humahatol ng higit na mabubuting bagay sa inyo, sapagkat hinahatulan ko kayo na kayo ay may pananampalataya kay Cristo dahil sa inyong kababaang-loob; sapagkat kung wala kayong pananampalataya sa kanya, kung gayon, hindi kayo karapat-dapat na mabilang sa mga tao ng kanyang simbahan.
- 40 At muli, mga minamahal kong kapatid, ako ay mangungusap sa inyo hinggil sa pag-asa. Paanong kayo ay makaabot sa pananampalataya, maliban kung kayo ay magkakaroon ng pag-asa?
- 41 At ano ito na inyong aasahan? Masdan, sinasabi ko sa inyo na kayo ay magkakaroon ng pag-asa sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo at sa kapangyarihan ng kanyang pagkabuhay na mag-uli, na ibabangon tungo sa buhay na walang hanggan, at ito ay dahil sa inyong pananampalataya sa kanya alinsunod sa pangako.
- 42 Kaya nga, kung ang isang tao ay may pananampalataya siya ay kinakailangang magkaroon ng pag-asa; sapagkat kung walang pananampalataya ay hindi magkakaroon ng kahit na anong pag-asa.
- 43 At muli, masdan, sinasabi ko sa inyo, na hindi siya maaaring magkaroon ng pananampalataya at pag-asa, maliban kung siya ay maging maamo at may mapagpakumbabang puso.

For no man can be saved, according to the words of Christ, save they shall have faith in his name; wherefore, if these things have ceased, then has faith ceased also; and awful is the state of man, for they are as though there had been no redemption made.

But behold, my beloved brethren, I judge better things of you, for I judge that ye have faith in Christ because of your meekness; for if ye have not faith in him then ye are not fit to be numbered among the people of his church.

And again, my beloved brethren, I would speak unto you concerning hope. How is it that ye can attain unto faith, save ye shall have hope?

And what is it that ye shall hope for? Behold I say unto you that ye shall have hope through the atonement of Christ and the power of his resurrection, to be raised unto life eternal, and this because of your faith in him according to the promise.

Wherefore, if a man have faith he must needs have hope; for without faith there cannot be any hope.

And again, behold I say unto you that he cannot have faith and hope, save he shall be meek, and lowly of heart.

44 Kung sakali man, ang kanyang pananampalataya at pag-asa ay walang saysay, sapagkat walang isa mang katanggap-tanggap sa Diyos, maliban sa mababang-loob at may mapagpakumbabang puso; at kung ang isang tao ay maamo at may mapagpakumbabang puso, at kinikilala sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo na si Jesus ang Cristo, kailangang magkaroon siya ng pag-ibig sa kapwa-tao; sapagkat kung wala siyang pag-ibig sa kapwa-tao ay wala siyang kabuluhan; anupa't kailangan niyang magkaroon ng pag-ibig sa kapwa-tao.

45 At ang pag-ibig sa kapwa-tao ay nagtitiis nang matagal, at mabait, at hindi naiinggit, at hindi palalo, hindi naghahangad para sa kanyang sarili, hindi kaagad nagagalit, hindi nag-iisip ng masama, at hindi nagagalak sa kasamaan kundi nagagalak sa katotohanan, binabata ang lahat ng bagay, naniniwala sa lahat ng bagay, umaasa sa lahat ng bagay, nagtitiis sa lahat ng bagay.

46 Kaya nga, mga minamahal kong kapatid, kung wala kayong pag-ibig sa kapwa-tao, wala kayong kabuluhan, sapagkat ang pag-ibig sa kapwa-tao kailanman ay hindi nagkukulang. Kaya nga, manangan sa pag-ibig sa kapwa-tao, na pinakadakila sa lahat, sapagkat ang lahat ng bagay ay nagkukulang—

47 Datapwat ang pag-ibig sa kapwa-tao ay dalisay na pag-ibig ni Cristo, at iyon ay nagtitiis magpakailanman; at sinumang matagpuang mayroon nito sa huling araw, ay makabubuti sa kanya.

48 Kaya nga, mga minamahal kong kapatid, manalangin sa Ama nang buong lakas ng puso, nang kayo ay mapuspos ng ganitong pag-ibig, na kanyang ipinagkaloob sa lahat na tunay na mga tagasunod ng kanyang Anak, si Jesucristo; upang kayo ay maging mga anak ng Diyos; na kung siya ay magpapakita, tayo ay magiging katulad niya, sapagkat makikita natin siya bilang siya; upang tayo ay magkaroon ng ganitong pag-asa; upang tayo ay mapadalisay maging katulad niya na dalisay. Amen.

If so, his faith and hope is vain, for none is acceptable before God, save the meek and lowly in heart; and if a man be meek and lowly in heart, and confesses by the power of the Holy Ghost that Jesus is the Christ, he must needs have charity; for if he have not charity he is nothing; wherefore he must needs have charity.

And charity suffereth long, and is kind, and envieth not, and is not puffed up, seeketh not her own, is not easily provoked, thinketh no evil, and rejoiceth not in iniquity but rejoiceth in the truth, beareth all things, believeth all things, hopeth all things, endureth all things.

Wherefore, my beloved brethren, if ye have not charity, ye are nothing, for charity never faileth. Wherefore, cleave unto charity, which is the greatest of all, for all things must fail—

But charity is the pure love of Christ, and it endureth forever; and whoso is found possessed of it at the last day, it shall be well with him.

Wherefore, my beloved brethren, pray unto the Father with all the energy of heart, that ye may be filled with this love, which he hath bestowed upon all who are true followers of his Son, Jesus Christ; that ye may become the sons of God; that when he shall appear we shall be like him, for we shall see him as he is; that we may have this hope; that we may be purified even as he is pure. Amen.



## Moroni 8

- 1 Ang liham ng aking amang si Mormon, na isinulat sa akin, si Moroni; at iyon ay isinulat sa akin kaagad pagkatapos ng pagkatawag sa akin sa ministryo. At sa ganitong paraan siya sumulat sa akin, sinasabing:
- 2 Minamahal kong anak, Moroni, ako ay labis na nagagalak na ang Panginoong Jesucristo ay naging maalalahanin sa iyo, at tinawag ka sa kanyang ministryo, at sa kanyang banal na gawain.
- 3 Lagi kitang naaalaala sa aking mga panalangin, patuloy na dumadalangin sa Diyos Ama sa pangalan ng kanyang Banal na Anak, na si Jesus, na siya, sa pamamagitan ng kanyang walang hanggang kabutihan at biyaya, ay ingatan ka sa pamamagitan ng tatag ng pananampalataya sa kanyang pangalan hanggang wakas.
- 4 At ngayon, anak ko, ako ay nangungusap sa iyo hinggil doon sa labis na nakapagpapadalamhati sa akin; sapagkat nakapagpapadalamhati sa akin na may mga pagtatalong lumilitaw sa inyo.
- 5 Sapagkat, kung nalaman ko ang katotohanan, na nagkaroon ng mga pagtatalo sa inyo hinggil sa pagbibinyag sa maliliit na anak ninyo.
- 6 At ngayon, anak ko, nais ko na ikaw ay masigasig na magpagal, upang ang malaking kamaliang ito ay maalis sa inyo; sapagkat, sa ganitong layunin sinulat ko ang liham na ito.
- 7 Sapagkat kapagdaka, matapos na aking malaman ang mga bagay na ito mula sa iyo, ako ay nagtanong sa Panginoon hinggil sa bagay na iyon. At ang salita ng Panginoon ay nagpahayag sa akin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, sinasabing:
- 8 Makinig sa mga salita ni Cristo, na iyong Manunubos, na iyong Panginoon at iyong Diyos. Masdan, ako ay pumarito sa daigdig hindi upang tawagin ang mabubuti kundi ang mga makasalanan sa pagsisisi; ang mga walang sakit ay hindi nangangailangan ng manggagamot, kundi sila na maykaramdaman; kaya nga, ang maliliit na bata ay buo, sapagkat wala silang kakayahang gumawa ng kasalanan; dahil dito, ang sumpa kay Adan ay kinuha mula sa kanila dahil sa akin, kung kaya't iyon ay walang kapangyarihan sa kanila; at ang batas ng pagtutuli ay natapos na sa akin.

## Moroni 8

An epistle of my father Mormon, written to me, Moroni; and it was written unto me soon after my calling to the ministry. And on this wise did he write unto me, saying:

My beloved son, Moroni, I rejoice exceedingly that your Lord Jesus Christ hath been mindful of you, and hath called you to his ministry, and to his holy work.

I am mindful of you always in my prayers, continually praying unto God the Father in the name of his Holy Child, Jesus, that he, through his infinite goodness and grace, will keep you through the endurance of faith on his name to the end.

And now, my son, I speak unto you concerning that which grieveth me exceedingly; for it grieveth me that there should disputations rise among you.

For, if I have learned the truth, there have been disputations among you concerning the baptism of your little children.

And now, my son, I desire that ye should labor diligently, that this gross error should be removed from among you; for, for this intent I have written this epistle.

For immediately after I had learned these things of you I inquired of the Lord concerning the matter. And the word of the Lord came to me by the power of the Holy Ghost, saying:

Listen to the words of Christ, your Redeemer, your Lord and your God. Behold, I came into the world not to call the righteous but sinners to repentance; the whole need no physician, but they that are sick; wherefore, little children are whole, for they are not capable of committing sin; wherefore the curse of Adam is taken from them in me, that it hath no power over them; and the law of circumcision is done away in me.

- 9 At sa ganitong pamamaraan ipinaalam ng Espiritu Santo ang salita ng Diyos sa akin; dahil dito, minamahal kong anak, alam ko na isang malubhang pangungutya sa harapan ng Diyos, na inyong binyagan ang maliliit na bata.
- 10 Masdan, sinasabi ko sa iyo na ituro mo ang bagay na ito—pagsisisi at pagbibinyag sa mga yaong may pananagutan at may kakayahang gumawa ng kasalanan; oo, turuan ang mga magulang na sila ay kinakailangang magsisi at magpabinyag, at magpakumbaba ng kanilang sarili katulad ng kanilang maliliit na anak, at silang lahat ay maliligtas kasama ng kanilang maliliit na anak.
- 11 At ang kanilang maliliit na anak ay hindi nangangailangan ng pagsisisi, ni ng binyag. Masdan, ang binyag ay tungo sa pagsisisi sa katuparan ng mga kautusan para sa kapatawaran ng mga kasalanan.
- 12 Subalit ang maliliit na bata ay buhay kay Cristo, maging mula pa sa pagkakatatag ng daigdig; kung hindi gayon, ang Diyos ay isang may pagkiling na Diyos, at isa ring pabagu-bagong Diyos, at may pagtatangi sa mga tao; sapagkat kayraming maliit na bata ang mga nangamatay nang walang binyag!
- 13 Samakatwid, kung ang maliliit na bata ay hindi maliligtas kung walang binyag, sila ay tiyak na matutungo sa isang walang katapusang impiyerno.
- 14 Masdan, sinasabi ko sa inyo, siya na nag-aakala na ang maliliit na bata ay nangangailangan ng binyag ay nasa sukduhan ng kapaitan at nasa mga gapos ng kasamaan; sapagkat siya ay wala ni pananampalataya, pag-asa, o pag-ibig sa kapwa-tao; anupa't kung siya ay mahihiwalay habang nasa ganoong pag-iisip, siya ay kinakailangang bumaba sa impiyerno.
- 15 Sapagkat kakila-kilabot na kasamaan ang akalaing iniligtas ng Diyos ang isang bata dahil sa binyag, at ang isa ay kinakailangang masawi dahil sa wala siyang binyag.
- 16 Sa aba nila na magliligaw sa mga landas ng Panginoon sa ganitong pamamaraan, sapagkat sila ay masasawi maliban kung sila ay magsisisi. Masdan, ako ay nangungusap nang buong tapang, sapagkat may karapatan mula sa Diyos; at hindi ako natatakot kung anuman ang magagawa ng tao; sapagkat ang ganap na pag-ibig ay nagwawaksi ng lahat ng takot.

And after this manner did the Holy Ghost manifest the word of God unto me; wherefore, my beloved son, I know that it is solemn mockery before God, that ye should baptize little children.

Behold I say unto you that this thing shall ye teach—repentance and baptism unto those who are accountable and capable of committing sin; yea, teach parents that they must repent and be baptized, and humble themselves as their little children, and they shall all be saved with their little children.

And their little children need no repentance, neither baptism. Behold, baptism is unto repentance to the fulfilling the commandments unto the remission of sins.

But little children are alive in Christ, even from the foundation of the world; if not so, God is a partial God, and also a changeable God, and a respecter to persons; for how many little children have died without baptism!

Wherefore, if little children could not be saved without baptism, these must have gone to an endless hell.

Behold I say unto you, that he that supposeth that little children need baptism is in the gall of bitterness and in the bonds of iniquity; for he hath neither faith, hope, nor charity; wherefore, should he be cut off while in the thought, he must go down to hell.

For awful is the wickedness to suppose that God saveth one child because of baptism, and the other must perish because he hath no baptism.

Wo be unto them that shall pervert the ways of the Lord after this manner, for they shall perish except they repent. Behold, I speak with boldness, having authority from God; and I fear not what man can do; for perfect love casteth out all fear.

- 17 At ako ay puspos ng pag-ibig sa kapwa-tao, ang walang hanggang pag-ibig; anupa't ang maliliit na bata ay magkakatulad sa akin; kaya nga, mahal ko ang maliliit na bata nang ganap na pag-ibig; at silang lahat ay magkakatulad at mga kabahagi sa kaligtasan.
- 18 Sapagkat nalalaman ko na ang Diyos ay hindi isang Diyos na may pagkiling, ni isang pabagu-bagong katauhan; kundi siya ay hindi pabagu-bago mula sa lahat ng kawalang-hanggan hanggang sa lahat ng kawalang-hanggan.
- 19 Ang maliliit na bata ay hindi makapagsisisi; kaya nga, kakila-kilabot na kasamaan ang itatwa ang mga dalisay na awa ng Diyos sa kanila, sapagkat sila ay buhay na lahat sa kanya dahil sa kanyang awa.
- 20 At siya na nagsasabi na ang maliliit na bata ay nangangailangan ng binyag ay itinatatwa ang mga awa ni Cristo, at pinawawalang-kabuluhan ang kanyang pagbabayad-sala at ang kapangyarihan ng kanyang pagtubos.
- 21 Sa aba sa gayon, sapagkat sila ay nanganganib sa kamatayan, impiyerno, at isang walang katapusang pagdurusa. Buong tapang kong sinasabi ito; Diyos ang nag-utos sa akin. Makinig sa mga iyon at sumunod, o ang mga iyon ay sasaksi laban sa iyo sa hukumang-luklukan ni Cristo.
- 22 Sapagkat masdan, ang lahat ng maliit na bata ay buhay kay Cristo, at gayundin sa kanilang lahat na wala ang batas. Sapagkat ang kapangyarihan ng pagtubos ay mapapasakanilang lahat na wala ang batas; kaya nga, siya na hindi isinumpa, o siya na hindi napasailalim ng sumpa, ay hindi makapagsisisi; at sa mga gayon ang binyag ay walang pakinabang—
- 23 Kundi iyon ay panunuya sa harapan ng Diyos, itinatatwa ang mga awa ni Cristo, at ang kapangyarihan ng kanyang Banal na Espiritu, at nagtitiwala sa mga walang kabuluhang gawa.
- 24 Masdan, anak ko, ang bagay na ito ay hindi nararapat mangyari; sapagkat ang pagsisisi ay para sa kanila na nasa ilalim ng kahatulan at ilalim ng sumpa ng nilabag na batas.

And I am filled with charity, which is everlasting love; wherefore, all children are alike unto me; wherefore, I love little children with a perfect love; and they are all alike and partakers of salvation.

For I know that God is not a partial God, neither a changeable being; but he is unchangeable from all eternity to all eternity.

Little children cannot repent; wherefore, it is awful wickedness to deny the pure mercies of God unto them, for they are all alive in him because of his mercy.

And he that saith that little children need baptism denieth the mercies of Christ, and setteth at naught the atonement of him and the power of his redemption.

Wo unto such, for they are in danger of death, hell, and an endless torment. I speak it boldly; God hath commanded me. Listen unto them and give heed, or they stand against you at the judgment-seat of Christ.

For behold that all little children are alive in Christ, and also all they that are without the law. For the power of redemption cometh on all them that have no law; wherefore, he that is not condemned, or he that is under no condemnation, cannot repent; and unto such baptism availeth nothing—

But it is mockery before God, denying the mercies of Christ, and the power of his Holy Spirit, and putting trust in dead works.

Behold, my son, this thing ought not to be; for repentance is unto them that are under condemnation and under the curse of a broken law.

25 At ang mga unang bunga ng pagsisisi ay binyag; at ang binyag ay dumarating sa pamamagitan ng pananampalataya sa ikatutupad ng mga kautusan; at ang pagtupad sa mga kautusan ay nagdadala ng kapatawaran ng mga kasalanan;

26 At ang kapatawaran ng mga kasalanan ay nagdadala ng kaamuan, at mapagpakumbabang puso; at dahil sa kaamuan at mapagpakumbabang puso ay dumarating ang pagdalaw ng Espiritu Santo, kung aling Mang-aaliw ay pumupuno ng pag-asa at ganap na pag-ibig, kung aling pag-ibig ay tumatatag sa pamamagitan ng matiyagang panalangin, hanggang sa dumating ang wakas, kung kailan ang lahat ng banal ay mananahanan kasama ng Diyos.

27 Masdan, anak ko, ako ay susulat na muli sa iyo kung ako ay hindi kaagad hahayo laban sa mga Lamanita. Masdan, ang kapalaluan ng bansang ito, o ng mga tao ng mga Nephita, ang magpapatunay sa kanilang pagkalipol maliban kung sila ay magsisisi.

28 Ipanalangin mo sila, anak ko, upang ang pagsisisi ay dumating sa kanila. Ngunit masdan, ako ay natatakot na baka ang Espiritu ay tumigil na sa pamamatnubay sa kanila; at sa bahaging ito ng lupain ay kanila ring hinahangad na ibagsak ang lahat ng kapangyarihan at karapatang nagmumula sa Diyos; at kanilang itinatatwa ang Espiritu Santo.

29 At matapos na tanggihan ang gayong kalaking kaalaman, anak ko, sila ay kinakailangang masawi kaagad, sa ikatutupad ng mga propesiyang winika ng mga propeta, gayon din ang mga salita ng ating Tagapagligtas.

30 Paalam anak ko, hanggang sa ako ay muling makasulat sa iyo, o sa pagkikita nating muli. Amen.

And the first fruits of repentance is baptism; and baptism cometh by faith unto the fulfilling the commandments; and the fulfilling the commandments bringeth remission of sins;

And the remission of sins bringeth meekness, and lowliness of heart; and because of meekness and lowliness of heart cometh the visitation of the Holy Ghost, which Comforter filleth with hope and perfect love, which love endureth by diligence unto prayer, until the end shall come, when all the saints shall dwell with God.

Behold, my son, I will write unto you again if I go not out soon against the Lamanites. Behold, the pride of this nation, or the people of the Nephites, hath proven their destruction except they should repent.

Pray for them, my son, that repentance may come unto them. But behold, I fear lest the Spirit hath ceased striving with them; and in this part of the land they are also seeking to put down all power and authority which cometh from God; and they are denying the Holy Ghost.

And after rejecting so great a knowledge, my son, they must perish soon, unto the fulfilling of the prophecies which were spoken by the prophets, as well as the words of our Savior himself.

Farewell, my son, until I shall write unto you, or shall meet you again. Amen.

*Ang ikalawang libam ni Mormon sa kanyang anak na si Moroni.*

## Moroni 9

- 1 Minamahal kong anak, ako ay muling sumusulat sa iyo upang malaman mo na ako ay buhay pa; ngunit ang bahagyang maisusulat ko ay yaong kahambal-hambal.
- 2 Sapagkat masdan, ako ay nagkaroon ng matinding pakikipaglaban sa mga Lamanita, kung saan kami ay hindi nagwagi; at si Arkianto ay bumagsak sa pamamagitan ng espada, at gayon din si Luram at Emron; oo, at nawalan tayo ng malaking bilang ng mga piling tauhan.
- 3 At ngayon masdan, anak ko, natatakot ako na baka malipol ng mga Lamanita ang mga taong ito; sapagkat hindi sila nagsisisi, at si Satanas ay patuloy na pinupukaw sila na magalit sa isa't isa.
- 4 Masdan, ako ay patuloy na nagpagal kasama nila; at kapag aking sinasabi ang salita ng Diyos nang may kataliman sila ay nanginginig at nagagalit sa akin; at kapag hindi ako gumagamit ng kataliman ay pinatitigas nila ang kanilang mga puso laban dito; kaya nga, ako ay natatakot na baka ang Espiritu ng Panginoon ay tumigil na ng pamamatnubay sa kanila.
- 5 Sapagkat labis kung sila ay magalit na sa pakiwari ko ay para bang hindi na sila natatakot sa kamatayan; at nawala na ang kanilang pag-ibig sa isa't isa; at sila ay patuloy na nauuhaw sa dugo at paghihiganti.
- 6 At ngayon, minamahal kong anak, sa kabila ng kanilang pagmamatigas, tayo ay masigasig na magpagal; sapagkat kung tayo ay titigil sa pagpapagal, tayo ay madadala sa ilalim ng sumpá; sapagkat tayo ay may gawaing nararapat gampanan habang nasa katawang-lupa, upang ating magapi ang kaaway ng lahat ng kabutihan, at ipahinga ang ating mga kaluluwa sa kaharian ng Diyos.

*The second epistle of Mormon to his son Moroni.*

## Moroni 9

My beloved son, I write unto you again that ye may know that I am yet alive; but I write somewhat of that which is grievous.

For behold, I have had a sore battle with the Lamanites, in which we did not conquer; and Archeantus has fallen by the sword, and also Luram and Emron; yea, and we have lost a great number of our choice men.

And now behold, my son, I fear lest the Lamanites shall destroy this people; for they do not repent, and Satan stirreth them up continually to anger one with another.

Behold, I am laboring with them continually; and when I speak the word of God with sharpness they tremble and anger against me; and when I use no sharpness they harden their hearts against it; wherefore, I fear lest the Spirit of the Lord hath ceased striving with them.

For so exceedingly do they anger that it seemeth me that they have no fear of death; and they have lost their love, one towards another; and they thirst after blood and revenge continually.

And now, my beloved son, notwithstanding their hardness, let us labor diligently; for if we should cease to labor, we should be brought under condemnation; for we have a labor to perform whilst in this tabernacle of clay, that we may conquer the enemy of all righteousness, and rest our souls in the kingdom of God.

7 At ngayon, ako ay susulat kahit paano hinggil sa mga pagdurusa ng mga taong ito. Sapagkat ayon sa kaalamang aking natanggap mula kay Amoron, masdan, ang mga Lamanita ay maraming bihag, na kanilang nadakip mula sa tore ng Serisa; at may mga lalaki, babae, at bata.

8 At ang mga asawa at ama ng mga babae at batang yaon ay pinatay nila; at kanilang ipinakain sa mga babae ang laman ng kanilang mga asawa, at sa mga bata ang laman ng kanilang mga ama; at walang tubig, maliban sa kakaunti lamang, ang kanilang ibinibigay sa kanila.

9 At sa kabila nitong karumal-dumal na gawain ng mga Lamanita, hindi ito hihigit sa ating mga tao sa Moriantum. Sapagkat masdan, marami sa anak na babae ng mga Lamanita ang nadala nilang bihag; at matapos na alisan sila ng pinakamahal at pinakamahalaga sa ibabaw ng lahat ng bagay, kung alin ay puri at karangalan—

10 At matapos magawa nila ang bagay na ito, kanilang pinagpapatay sila sa isang napakalupit na pamamaraan, pinahihirapan ang kanilang mga katawan maging hanggang sa kamatayan; at matapos na magawa nila ito, nilalamon nila ang kanilang mga laman tulad ng mababangis na hayop, dahil sa katigasan ng kanilang mga puso; at ginagawa nila ito bilang tanda ng katapangan.

11 O minamahal kong anak, paanong ang mga taong tulad nito na walang kabihasanan—

12 (At ilang taon lamang ang nakalipas at sila ay maaayos at mga nakalulugod na tao.)

13 Ngunit O aking anak, paanong ang mga taong tulad nito na ang kaluguran ay nasa labis na karumal-dumal na gawain—

14 Paano tayo makaasang pipigilin ng Diyos ang kanyang kamay sa paghatol laban sa atin?

15 Masdan, ang aking puso ay sumisigaw: Sa aba sa mga taong ito. Lumabas sa paghatol, O Diyos, at itago ang kanilang mga kasalanan, at kasamaan, at karumal-dumal na gawain mula sa inyong harapan!

And now I write somewhat concerning the sufferings of this people. For according to the knowledge which I have received from Amoron, behold, the Lamanites have many prisoners, which they took from the tower of Sherrizah; and there were men, women, and children.

And the husbands and fathers of those women and children they have slain; and they feed the women upon the flesh of their husbands, and the children upon the flesh of their fathers; and no water, save a little, do they give unto them.

And notwithstanding this great abomination of the Lamanites, it doth not exceed that of our people in Moriantum. For behold, many of the daughters of the Lamanites have they taken prisoners; and after depriving them of that which was most dear and precious above all things, which is chastity and virtue—

And after they had done this thing, they did murder them in a most cruel manner, torturing their bodies even unto death; and after they have done this, they devour their flesh like unto wild beasts, because of the hardness of their hearts; and they do it for a token of bravery.

O my beloved son, how can a people like this, that are without civilization—

(And only a few years have passed away, and they were a civil and a delightsome people)

But O my son, how can a people like this, whose delight is in so much abomination—

How can we expect that God will stay his hand in judgment against us?

Behold, my heart cries: Wo unto this people. Come out in judgment, O God, and hide their sins, and wickedness, and abominations from before thy face!

- 16 At muli, anak ko, maraming balo at kanilang mga anak na babae ang naiwan sa Serisa; at ang bahagi ng pagkain na hindi dinala ng mga Lamanita, masdan, ang hukbo ni Zenephi ay dinala ito, at pinabayaan silang gumala kahit saan upang makakita ng pagkain; at marami sa matatandang babae ang nanghihina sa daan at namamatay.
- 17 At ang hukbong aking kasama ay nanghihina; at ang mga hukbo ng mga Lamanita ay nasa pagitan ko at ng Serisa; at kasindami ng tumakas sa hukbo ni Aaron ay bumagsak na mga biktima sa kanilang kakila-kilabot na kalupitan.
- 18 O ang kabuhungan ng aking mga tao! Sila ay walang patakaran at walang awa. Masdan, ako ay isang tao lamang, at ako ay may lakas lamang ng isang tao, at hindi ko na kayang ipatupad pa ang aking mga utos.
- 19 At sila ay naging malakas sa kanilang kabuktutan; at sila ay pawang malulupit, walang pinaliligtas, ni matanda o bata; at sila ay nalulugod sa lahat ng bagay maliban doon sa mabuti; at ang pagdurusa ng ating kababaihan at ating mga anak sa ibabaw ng buong lupaing ito ay nakahihigit sa lahat ng bagay; oo, hindi kayang sabihin ng dila ni kayang isulat iyon.
- 20 At ngayon, anak ko, hindi ko na tatalakayin pa ang kakila-kilabot na tanawing ito. Masdan, nalalaman mo ang kasamaan ng mga taong ito; nalalaman mo na sila ay walang simulain at mga manhid; at ang kanilang kasamaan ay nakahihigit doon sa mga Lamanita.
- 21 Masdan, anak ko, hindi ko sila maaaring itagubilin sa Diyos, baka ako ay parusahan niya.
- 22 Ngunit masdan, anak ko, itinatagubilin kita sa Diyos, at ako ay nagtitiwala kay Cristo na ikaw ay maliligtas; at ako ay dumadalangin sa Diyos na iligtas ang iyong buhay, upang saksihan ang pagbabalik ng kanyang mga tao sa kanya, o ang kanilang ganap na pagkalipol; sapagkat nalalaman ko na sila ay tiyak na masasawi maliban kung sila ay magsisisi at magbabalik sa kanya.
- 23 At kung sila ay masasawi, iyon ay magiging katulad ng mga Jaredita, dahil sa katigasan ng kanilang mga puso, na naghahangad ng dugo at paghihiganti.

And again, my son, there are many widows and their daughters who remain in Sherrizah; and that part of the provisions which the Lamanites did not carry away, behold, the army of Zenephi has carried away, and left them to wander whithersoever they can for food; and many old women do faint by the way and die.

And the army which is with me is weak; and the armies of the Lamanites are betwixt Sherrizah and me; and as many as have fled to the army of Aaron have fallen victims to their awful brutality.

O the depravity of my people! They are without order and without mercy. Behold, I am but a man, and I have but the strength of a man, and I cannot any longer enforce my commands.

And they have become strong in their perversion; and they are alike brutal, sparing none, neither old nor young; and they delight in everything save that which is good; and the suffering of our women and our children upon all the face of this land doth exceed everything; yea, tongue cannot tell, neither can it be written.

And now, my son, I dwell no longer upon this horrible scene. Behold, thou knowest the wickedness of this people; thou knowest that they are without principle, and past feeling; and their wickedness doth exceed that of the Lamanites.

Behold, my son, I cannot recommend them unto God lest he should smite me.

But behold, my son, I recommend thee unto God, and I trust in Christ that thou wilt be saved; and I pray unto God that he will spare thy life, to witness the return of his people unto him, or their utter destruction; for I know that they must perish except they repent and return unto him.

And if they perish it will be like unto the Jaredites, because of the wilfulness of their hearts, seeking for blood and revenge.

24 At kung mangyayari na sila ay masasawi, nalalaman natin na marami sa ating mga kapatid ang umanib sa mga Lamanita, at marami pa ang aanib sa kanila; samakatwid, sumulat ka kahit paano ng kaunting bagay, kung ikaw ay maliligtas at ako ay masasawi at hindi ka makikita; ngunit ako ay nagtitiwalang makikita rin kita kaagad; sapagkat mayroon akong mga banal na talaan na aking ibibigay sa iyo.

25 Anak ko, maging matapat kay Cristo; at nawa ay huwag makapagpadalamhati sa iyo ang mga bagay na aking isinulat, na makapagpapabigat sa iyo tungo sa kamatayan; kundi nawa ay dakilain ka ni Cristo, at nawa ang kanyang pagdurusa at kamatayan, at ang pagpapakita ng kanyang katawan sa ating mga ama, at ang kanyang awa at mahabang pagtitiis, at ang pag-asa ng kanyang kaluwalhatian at ng buhay na walang hanggan, ay mamalagi sa iyong isipan magpakailanman.

26 At nawa ang biyaya ng Diyos Ama, na ang trono ay mataas sa kalangitan, at ng ating Panginoong Jesucristo, na nakaluklok sa kanang kamay ng kanyang kapangyarihan, hanggang sa ang lahat ng bagay ay mapasakop sa kanya, ay manatiling kasama mo magpakailanman. Amen.

And if it so be that they perish, we know that many of our brethren have deserted over unto the Lamanites, and many more will also desert over unto them; wherefore, write somewhat a few things, if thou art spared and I shall perish and not see thee; but I trust that I may see thee soon; for I have sacred records that I would deliver up unto thee.

My son, be faithful in Christ; and may not the things which I have written grieve thee, to weigh thee down unto death; but may Christ lift thee up, and may his sufferings and death, and the showing his body unto our fathers, and his mercy and long-suffering, and the hope of his glory and of eternal life, rest in your mind forever.

And may the grace of God the Father, whose throne is high in the heavens, and our Lord Jesus Christ, who sitteth on the right hand of his power, until all things shall become subject unto him, be, and abide with you forever. Amen.



## Moroni 10

- 1 Ngayon ako, si Moroni, ay sumusulat kahit paano nang inaakala kong makabubuti; at ako ay sumusulat sa aking mga kapatid, ang mga Lamanita; at nais kong kanilang malaman na mahigit na apat na raan at dalawampung taon na ang lumipas magmula nang ibigay ang palatandaan ng pagparito ni Cristo.
- 2 At aking tatatakan ang talaang ito, matapos na ako ay makapagsalita ng ilang pangungusap sa paraan ng pagpapayo sa inyo.
- 3 Masdan, nais kong ipayo sa inyo na kung inyong mababasa ang mga bagay na ito, kung karunungan sa Diyos na mabasa ninyo ang mga yaon, na inyong maalaala kung paano naging maawain ang Panginoon sa mga anak ng tao, mula sa paglikha kay Adan, maging hanggang sa panahong inyong matanggap ang mga bagay na ito, at pagbulay-bulayin ang mga yaon sa inyong mga puso.
- 4 At kapag inyong matanggap ang mga bagay na ito, ipinapayo ko sa inyo na itanong ninyo sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, sa pangalan ni Cristo, kung ang mga bagay na ito ay hindi totoo; at kung kayo ay magtatanong nang may matapat na puso, na may tunay na layunin, na may pananampalataya kay Cristo, kanyang ipaaalam ang katotohanan nito sa inyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.
- 5 At sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, malalaman ninyo ang katotohanan ng lahat ng bagay.
- 6 At ano mang bagay na mabuti ay matwid at totoo; anupa't walang mabuting magtatatwa kay Cristo, kundi kikilalanin na yaon siya.
- 7 At inyong makikilala na siya nga yaon, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo; kaya nga, nais kong payuhan kayo na huwag ninyong itatatwa ang kapangyarihan ng Diyos; sapagkat siya ay gumagawa sa pamamagitan ng kapangyarihan, alinsunod sa pananampalataya ng mga anak ng tao, siya rin ang ngayon, at bukas, at magpakailanman.

## Moroni 10

Now I, Moroni, write somewhat as seemeth me good; and I write unto my brethren, the Lamanites; and I would that they should know that more than four hundred and twenty years have passed away since the sign was given of the coming of Christ.

And I seal up these records, after I have spoken a few words by way of exhortation unto you.

Behold, I would exhort you that when ye shall read these things, if it be wisdom in God that ye should read them, that ye would remember how merciful the Lord hath been unto the children of men, from the creation of Adam even down until the time that ye shall receive these things, and ponder it in your hearts.

And when ye shall receive these things, I would exhort you that ye would ask God, the Eternal Father, in the name of Christ, if these things are not true; and if ye shall ask with a sincere heart, with real intent, having faith in Christ, he will manifest the truth of it unto you, by the power of the Holy Ghost.

And by the power of the Holy Ghost ye may know the truth of all things.

And whatsoever thing is good is just and true; wherefore, nothing that is good denieth the Christ, but acknowledgeth that he is.

And ye may know that he is, by the power of the Holy Ghost; wherefore I would exhort you that ye deny not the power of God; for he worketh by power, according to the faith of the children of men, the same today and tomorrow, and forever.

8 At muli, ipinapayo ko sa inyo, mga kapatid ko, na huwag ninyong itatatwa ang mga kaloob ng Diyos, sapagkat ang mga yaon ay marami; at ang mga yaon ay nanggagaling sa yaon ding Diyos. At maraming iba't ibang paraan na ang mga kaloob na ito ay pinamamahalaan; ngunit ng yaon ding Diyos na siyang gumagawa ng lahat-lahat; at yaon ay ibinibigay sa pamamagitan ng mga paghahayag ng Espiritu ng Diyos sa tao, sa kapakinabangan nila.

9 Sapagkat masdan, sa isa ay ibinibigay sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos, na kanyang maituro ang salita ng karunungan.

10 At sa iba, na kanyang maituro ang salita ng kaalaman sa pamamagitan ng Espiritu ring yaon;

11 At sa isa, napakalaking pananampalataya; at sa iba, ang mga kaloob na pagpapagaling sa pamamagitan ng Espiritu ring yaon.

12 At muli, sa iba, na siya ay makagawa ng mga makapangyarihang himala;

13 At muli, sa iba, na siya ay makapagpropesiya hinggil sa lahat ng bagay;

14 At muli sa iba, ang makakita ng mga anghel at ng naglilingkod na mga espiritu;

15 At muli, sa iba, lahat ng uri ng wika;

16 At muli, sa iba, ang pagpapaliwanag ng mga salita at iba't ibang uri ng mga wika.

17 At ang lahat ng kaloob na ito ay ipinagkakaloob ng Espiritu ni Cristo; at ang mga yaon ay ipinagkakaloob nang kani-kanya sa bawat tao alinsunod sa kanyang kalooban.

18 At nais kong payuhan kayo, mga minamahal kong kapatid, na inyong pakatandaan na ang bawat mabuting kaloob ay nagmumula kay Cristo.

19 At nais kong payuhan kayo, mga minamahal kong kapatid, na inyong tandaan na siya rin ang kahapon, ngayon, at magpakailanman, at na ang lahat ng kaloob na aking winika na pawang espirituwal ay hindi kailanman mapatitigil maging hanggang sa ang mundo ay nakatindig, tanging alinsunod lamang sa kawalang-paniniwala ng mga anak ng tao.

20 Kaya nga, kailangang magkaroon ng pananampalataya; at kung may pananampalataya ay kinakailangang may pag-asa rin; at kung may pag-asa ay kinakailangang may pag-ibig sa kapwa-tao rin.

And again, I exhort you, my brethren, that ye deny not the gifts of God, for they are many; and they come from the same God. And there are different ways that these gifts are administered; but it is the same God who worketh all in all; and they are given by the manifestations of the Spirit of God unto men, to profit them.

For behold, to one is given by the Spirit of God, that he may teach the word of wisdom;

And to another, that he may teach the word of knowledge by the same Spirit;

And to another, exceedingly great faith; and to another, the gifts of healing by the same Spirit;

And again, to another, that he may work mighty miracles;

And again, to another, that he may prophesy concerning all things;

And again, to another, the beholding of angels and ministering spirits;

And again, to another, all kinds of tongues;

And again, to another, the interpretation of languages and of divers kinds of tongues.

And all these gifts come by the Spirit of Christ; and they come unto every man severally, according as he will.

And I would exhort you, my beloved brethren, that ye remember that every good gift cometh of Christ.

And I would exhort you, my beloved brethren, that ye remember that he is the same yesterday, today, and forever, and that all these gifts of which I have spoken, which are spiritual, never will be done away, even as long as the world shall stand, only according to the unbelief of the children of men.

Wherefore, there must be faith; and if there must be faith there must also be hope; and if there must be hope there must also be charity.

- 21 At maliban kung mayroon kayong pag-ibig sa kapwa-tao, kayo ay hindi maaaring maligtas sa kaharian ng Diyos; ni kayo ay maliligtas sa kaharian ng Diyos kung kayo ay walang pananampalataya; ni kayo ay maliligtas kung kayo ay walang pag-asa.
- 22 At kung kayo ay walang pag-asa kayo ay talagang nasa kabiguan; at ang kabiguan ay dumarating dahil sa kasamaan.
- 23 At tunay na sinabi ni Cristo sa ating mga ama: Kung kayo ay may pananampalataya, magagawa ninyo ang lahat ng bagay na kapaki-pakinabang sa akin.
- 24 At ngayon, ako ay nangungusap sa lahat ng nasa mga dulo ng mundo—na kung dumating ang araw na ang kapangyarihan at mga kaloob ng Diyos ay matigil sa inyo, ito ay dahil sa kawalang-paniniwala.
- 25 At sa aba sa mga anak ng tao kung ganito ang mangyayari; sapagkat walang gumagawa ng kabutihan sa inyo, wala ni isa. Sapagkat kung may isa sa inyo na gumagawa ng kabutihan, siya ay gagawa sa pamamagitan ng kapangyarihan at mga kaloob ng Diyos.
- 26 At sa aba nila na magpapatigil sa mga bagay na ito at mamamatay, sapagkat sila ay mamamatay sa kanilang mga kasalanan, at hindi sila maliligtas sa kaharian ng Diyos; at sinasabi ko ito alinsunod sa mga salita ni Cristo; at ako ay hindi nagsisinungaling.
- 27 At pinapayuhan ko kayo na alalahanin ang mga bagay na ito; sapagkat ang panahon ay mabilis na darating na malalaman ninyo na hindi ako nagsisinungaling, sapagkat makikita ninyo ako sa hukuman ng Diyos; at sasabihin sa inyo ng Panginoong Diyos: Hindi ba't ipinahayag ko ang aking mga salita sa inyo, na isinulat ng taong ito, katulad ng isang sumisigaw mula sa mga patay, oo, maging katulad ng isang nangungusap mula sa alabok?
- 28 Ipinahahayag ko ang mga bagay na ito tungo sa katuparan ng mga propesiya. At masdan, yaon ay mamumutawi sa bibig ng Diyos na Walang Hanggan; at ang kanyang salita ay titimo mula sa bawat sali't salinlahi.
- 29 At patutunayan ng Diyos sa inyo na yaong aking isinulat ay totoo.

And except ye have charity ye can in nowise be saved in the kingdom of God; neither can ye be saved in the kingdom of God if ye have not faith; neither can ye if ye have no hope.

And if ye have no hope ye must needs be in despair; and despair cometh because of iniquity.

And Christ truly said unto our fathers: If ye have faith ye can do all things which are expedient unto me.

And now I speak unto all the ends of the earth—that if the day cometh that the power and gifts of God shall be done away among you, it shall be because of unbelief.

And wo be unto the children of men if this be the case; for there shall be none that doeth good among you, no not one. For if there be one among you that doeth good, he shall work by the power and gifts of God.

And wo unto them who shall do these things away and die, for they die in their sins, and they cannot be saved in the kingdom of God; and I speak it according to the words of Christ; and I lie not.

And I exhort you to remember these things; for the time speedily cometh that ye shall know that I lie not, for ye shall see me at the bar of God; and the Lord God will say unto you: Did I not declare my words unto you, which were written by this man, like as one crying from the dead, yea, even as one speaking out of the dust?

I declare these things unto the fulfilling of the prophecies. And behold, they shall proceed forth out of the mouth of the everlasting God; and his word shall hiss forth from generation to generation.

And God shall show unto you, that that which I have written is true.

30 At muli, pinapayuhan ko kayo na kayo ay lumapit kay Cristo, at manangan sa bawat mabuting kaloob, at huwag humipo ng masamang kaloob ni ng maruming bagay.

31 At gumising, at bumangon mula sa alabok, O Jerusalem; oo, at isuot mo ang iyong magagandang kasuotan, O anak na babae ng Sion; at palakasin mo ang iyong mga istaka at palawakin ang iyong mga hangganan magpakailanman, upang ikaw ay hindi na malito pa, upang ang mga tipan ng Amang Walang Hanggan na kanyang ginawa sa iyo, O sambahayan ni Israel, ay matupad.

32 Oo, lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya, at pagkaitan ang inyong sarili ng lahat ng kasamaan; at kung inyong pagkakaitan ang sarili ng lahat ng kasamaan, at iibigin ang Diyos nang buo ninyong kakayahan, pag-iisip at lakas, kung magkagayon ang kanyang biyaya ay sapat sa inyo, upang sa pamamagitan ng kanyang biyaya kayo ay maging ganap kay Cristo; at kung sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos kayo ay ganap kay Cristo, wala kayong dahilang magtatwa sa kapangyarihan ng Diyos.

33 At muli, kung sa biyaya ng Diyos kayo ay ganap kay Cristo, at hindi itatatwa ang kanyang kapangyarihan, kung magkagayon kayo ay pinabanal kay Cristo sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, sa pamamagitan ng pagbubuhos ng dugo ni Cristo, na siyang nasa tipan ng Ama tungo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, upang kayo ay maging banal, na walang bahid-dungis.

34 At ngayon, ako ay namamaalam sa lahat. Ako ay malapit nang magtungo sa kapahingahan sa paraiso ng Diyos, hanggang sa ang aking espiritu at katawan ay muling magsama, at ako ay matagumpay na madadala ng hangin, upang kayo ay tagpuin sa harapan ng nakalulugod na hukuman ng dakilang Jehova, ang Walang Hanggang Hukom ng kapwa buhay at patay. Amen.

*The End*

And again I would exhort you that ye would come unto Christ, and lay hold upon every good gift, and touch not the evil gift, nor the unclean thing.

And awake, and arise from the dust, O Jerusalem; yea, and put on thy beautiful garments, O daughter of Zion; and strengthen thy stakes and enlarge thy borders forever, that thou mayest no more be confounded, that the covenants of the Eternal Father which he hath made unto thee, O house of Israel, may be fulfilled.

Yea, come unto Christ, and be perfected in him, and deny yourselves of all ungodliness; and if ye shall deny yourselves of all ungodliness, and love God with all your might, mind and strength, then is his grace sufficient for you, that by his grace ye may be perfect in Christ; and if by the grace of God ye are perfect in Christ, ye can in nowise deny the power of God.

And again, if ye by the grace of God are perfect in Christ, and deny not his power, then are ye sanctified in Christ by the grace of God, through the shedding of the blood of Christ, which is in the covenant of the Father unto the remission of your sins, that ye become holy, without spot.

And now I bid unto all, farewell. I soon go to rest in the paradise of God, until my spirit and body shall again reunite, and I am brought forth triumphant through the air, to meet you before the pleasing bar of the great Jehovah, the Eternal Judge of both quick and dead. Amen.

*The End*